***Maari Mong Maunawaan Ang Bibliya!***

# *Mga Sulat ni Pablo sa isang Ligalig na Iglesiya: I at II Mga Taga-Corinto*

Bob Utley
Propesor ng Hermeneutics
(Biblical Interpretation)

*Kalipunan ng Komentaryong Gabay sa Pag-aaral*
*Bagong Tipan, Tomo 6*

Bible Lessons International, Marshall, Texas
2002 (iniwasto 2011)

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano makakatulong sa Iyo ang Komentaryong Ito? ................................ i

Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya: Personal na Paghahanap sa Napatunayang Katotohanan .......... iii

Komentaryo:

Panimula sa I Mga Taga-Corinto ........ 1

I Mga Taga-Corinto 1 ........ 8

I Mga Taga-Corinto 2 ........ 42

I Mga Taga-Corinto 3 ........ 59

I Mga Taga-Corinto 4 ........ 71

I Mga Taga-Corinto 5 ........ 82

I Mga Taga-Corinto 6 ........ 91

I Mga Taga-Corinto 7 ........ 106

I Mga Taga-Corinto 8 ........ 127

I Mga Taga-Corinto 9 ........ 135

I Mga Taga-Corinto 10 ........ 148

I Mga Taga-Corinto 11 ........ 162

I Mga Taga-Corinto 12 ........ 181

I Mga Taga-Corinto 13 ........ 197

I Mga Taga-Corinto 14 ........ 205

I Mga Taga-Corinto 15 ........ 222

I Mga Taga-Corinto 16 ........ 246

Panimula sa II Mga Taga-Corinto ........ 257

II Mga Taga-Corinto 1 ........ 262

II Mga Taga-Corinto 2 ........ 278

II Mga Taga-Corinto 3 ........ 287

II Mga Taga-Corinto 4 ........ 297

II Mga Taga-Corinto 5 ........ 307

II Mga Taga-Corinto 6 ........ 320

II Mga Taga-Corinto 7 ........ 329

II Mga Taga-Corinto 8 ........ 334

II Mga Taga-Corinto 9 ........ 346

II Mga Taga-Corinto 10 ........ 356

II Mga Taga-Corinto 11 ........ 363

II Mga Taga-Corinto 12 ........ 373

II Mga Taga-Corinto 13 ........ 385

Dagdag na Dahon Isa: Mga Maikling Kahulugan ng Griyegong Kayariang Pang-Gramatika ........ 392

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Kritisismo ........ 402

Dagdag na Dahon Talto: Talahuluganan ........ 406

Dagdag na Dahon Apat: Pang-Doktrinang Pamamahayag ........ 418

# ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA:
# PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS[4]). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS[4] at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

**I. Mga Pagpapalagay**

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at

gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
   1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
   2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
   3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
   4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
   5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
   6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
   7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
    a. tagpuang pangkasaysayan
    b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
    a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
    b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
    c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
    a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
    b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
    1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
        a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
        b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
        c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
    2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
    3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
    4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
        a. Lumang Tipan
            (1) salaysay na Hebreo
            (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
            (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
            (4) Mga pamkautusan na koda
        b. Bagong Tipan
            (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
            (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
            (3) Mga liham/epistulo
            (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
   4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
   1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
      a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
      b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
      c. magkakatambis na mga konsepto
   3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
      a. mga mahahalagang salita
      b. mga di-karaniwang salita
      c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
      d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
   4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
      a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
         (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
         (2) mga sangguniang Bibliya
         (3) mga pagkakatugma
      b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
      c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
   5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
      a. mga pag-aaral ng Bibliya
      b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
      c. mga paunang salita ng Bibliya
      d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

## IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon

at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

**V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan**

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay

na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

**VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo**

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS[4])
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
2. mga pamalit na kahulugan ng salita
3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA I TAGA-CORINTO
## (MAISASAGAWANG TAGUBILIN SA ISANG LIGALIG NA IGLESIYA)

I. ANG PAGIGING KATANGI-TANGI NG I TAGA-CORINTO

A. Ito ay mas madalas at mas naunang banggitin ng mga sinaunang ama ng iglesiya kaysa sa ibang sulat ni Pablo na nagpapakita ng kahalagahan at kapakinabangan nito.

B. Sa Muratorian Fragment, na isang talaan ng mga kanonikong aklat mula sa Roma (A.D. 200), ito ay itinala bilang una sa mga sinulat ni Pablo na nagpapakita din ng kahalagahan nito.

C. Si Pablo ay gumawa ng kaibahan sa praktikal na sulat na ito sa sa pagitan ng kanyang personal opinyon at ang mga kautusan ng Panginoon. Gayunman, ito ay batay sa kanyang pagkaalam ng mga katuruan ni Hesus sa anumang itinakdang paksa. Kung maaari niyang gawin, kanyang isasalin ang mga salita ni Hesus. Naniniwala siyan na ang kanyang mga opinyon ay kinasihan at makapangyarihan din naman (cf. 7:25, 40).

D. Ang mga gabay na prinsipyo ni Pablo para sa pagsasama sa iglesiya ay ang kalayaan ng bawa't-isang mga mananampalataya, ngunit kanila ring tinitimbag ang pangkalahatang pananagutan, hindi batay sa kautusan, ngunit sa pag-ibig. Ang kalusugan at paglago ng buong iglesiya ay mas mahalaga kaysa anu pa mang pansariling pagtatangi o natataning karapatan (cf. 12:7).

E. Ang sulat na ito (kasama ng II taga-Corinto) ay nagbibigay sa atin ng mas maagang pagtingin sa iglesiya ng NT, ang kanyang kayarian, mga pamamaraan, at mensahe. Gayunman, kailangan din matandaan na ang iglesiyang ito ay may suliranin, di-karaniwang katipunan ng mga tao.

II. ANG LUNGSOD NG CORINTO

A. Ang paglalayag ng mga barko tuwing tagginaw sa paligid ng katimugang bahagi ng Gresiya (i.e., , Cape Malea) ay lubhang mapanganib. Samakatuwid, ang isang pinakamaikling daraanan sa lupa ay mahalaga. Ang heograpikong kinaroroonan ng Corinto sa apat-na-milyang tangway sa pagitan ng Golpo ng Corinto (i.e., , Dagat ng Ionias) at ang Golpo ng Saronico (i.e., , Dagat ng Aegeano) ay ginawa ang lungsod na isang pangunahing pangkomersyo pangdaungan, pangkalakalan (lalo na sa mga uri ng palayok at isang natatanging uring ng tanso), at pang-militar na sentro. Sa panahon ni Pablo, sa literal, ito ay kung saan ang mga kulura ng Silangan at Kanluran ay nagtatagpo.

B. Ang Corinto ay isa ring pangunahing pang-kulturang sentro ng Greco-Romanong mundo dahil ito ang nagdaos ng Palarong Ishmiano tuwing dalawang taon na nagsimula noong 581 B.C. (sa Templo ni Poseidon). Tanging ang Palarong Olimpiyado sa Atenas, bawat apat na taon, ang makakatumbas sa kanila sa laki at kahalagahan (Thucydides, *Hist*. 1.13.5).

C. Noong 146 B.C. ang Corinto na nakasangkot sa isang paghihimagsik (i.e., , ang Liga ng Achaeano) laban sa Roma at winasak ng Romanong Heneral na Lucio Mummio at ang Griyegong populasyon ay ikinalat sa pagkaalipin. Dahil sa kanyang kahalagahang pang-ekonomiya at pang-militar, ito ay muling itinayo nang 46 o 48 B.C. ni Julio Caesar. Ito ay naging isang Romanong kolonya kung saan ang Romanong mga sundalo ay nagreretiro. Ito ay katulad ng Roma sa arkitektura at kultura at ang administratibong sentro ng Romanong (i.e., , pang-Senado) lalawigan ng Achaia noong 27 B.C. Ito ay naging isang pang-Imperyong Lalawigan noong A.D. 15.

D. Ang acropolis ng Lumang Corinto, nasa taas na mahigit sa 1880 talampakang sa kapatagan, ay ang lugar ng templo kay Aphrodita. Sa templong ito ay maiuugnay ang 1,000 mga patutot (Strabo, *Geography*, 8.6.20-22). Ang matawag na "isang taga-Corinto" (i.e., *Korinthiazesthai*, na linikha ni Aristophanes [450-385 B.C.]) ay kasingkahulugan sa pabaya, magulong pamumuhay. Ang templong ito, gaya ng karamihan ng lungsod, ay nawasak sa isang lindol 150 taon bago nakapunta si Pablo arrived, naulit ito noong A.D. 77. Ito ay di-tiyak kung ang pagpapayabong na kulto ay nagpatuloy sa panahon ni Pablo. Magbuhay na ang taga-Roma, noong 146 B.C., ay winasak ang lungsod at pinatay o inalipin ang lahat ng kanyang mamamayan, ang Griyegong timpla ng lungsod ay napalitan ng kanyang Romanong kolonyal na kalalagayan (Pausanias, II.3.7). Ang Romanong pang-kulturang

konteksto sa halip na Griyegong kultura, ay ginagawang isang mahalagang pagkakaiba sa pagbibigay-kahulugan ng I taga-Corinto.

## III. ANG MAY-AKDA

A. Dito sa lungsod na ito si Pablo ang Apostol dumating sa kanyang pangalawang pang-misyong paglalakbay; ang tala ay matatagpuan sa Mga Gawa 18:1-21.Sa pamamagitan ng isang pangitain ang Panginoon ay nagpahayag kay Pablo na marami ang mananampalataya at walang matagumpay na pagsalungat sa kanyang ministeryo (cf. Mga Gawa 18:9-10).

B. Ang pang-misyong pamamaraan ni Pablo ay magtatag ng isang iglesiya sa pangunahing mga lungsod ng kanyang kapanahunan, na nalalaman na ang mga nanampalatayang mga panauhin, mga naglalakbay na tindero, mga manlalayag ay ikakalat ang ebanghelyo sa kanilang paghayo. Ito ay nasa lokal na iglesiya na ang pananagutan para sa pag-e-ebanghelyo at pagtuturo ng mga disipulo sa kanilang lugar.

C. Natagpuan ni Pablo sina Aquila at Priscilla, na mga mananampalaya ding mga Hudyo na gumagawa ng mga tolda o manggagawa ng balat, sa Corinto. Siya ay sapilitang pinalabas ng Roma noong A.D. 49 sa utos ni Claudio (Orosius, *Hist*. 7:6:15-16) laban sa anumang mga kagawian o ritwal na pang-Hudyo (cf. Mga Gawa 18:2). Si Pablo ay dumating sa Corinto na mag-isa. Kapwa sina Silas at Timoteo ay naatasan sa Macedonia (cf. Mga Gawa 18:5). Siya ay lubhang pinanghihinaan ng loob (cf. Mga Gawa 18:9-19; I taga-Corinto 2:3). Gayunman, siya ay nagpatuloy at nanatili sa Corinto ng labing-walong buwan (cf. Mga Gawa 18:11).

D. Ang pagiging may-akda ni Pablo ng aklat na ito ay pinatunayan ni Clemente ng Roma, na nagsulat ng isang liham sa Corinto noong A.D. 95/96 (*I Clement* 37:5; 47:1-3; 49:5). Ang pagka-may-akda ni Pablo ng sulat na ito ay hindi kailanman pinagdudahan, kahit na ng makabagong panunuring kaalaman.

## IV. ANG PETSA

A. Ang petsa ng pagpunta ni Pablo sa Corinto ay natiyak ng isang tatak ng Emperador Claudio na matatagpuan sa Delphi, na nasa petsa ng pagka-prokonsul ni Gallio na nagsimula noong Hulyo A.D. 51 hanggang Hulyo, 52 (cf. Mga Gawa 18:12-17), na maaaring gawin ang petsa ng pagdating ni Pablo na halos A.D. 49-50.

B. Ang petsa ng sulat ni Pablo ay maaaring alinman sa gitna ng dekada 50. Isinulat ni ito mula sa Efeso kung saan siya ng nagministeryo sa pagitan ng dalawang taon (cf. Mga Gawa 19:10) at tatlong taon (cf. Mga Gawa 20:31).

C. Isang maaaring pagkasunod-sunod ng mga sulat ni Pablo na sinusundan sina F. F. Bruce at Murry Harris na may kaunting mga paghalaw:

| **Aklat** | **Petsa** | **Lugar na Pinagsulatan** | **Kaugnayan sa Mga Gawa** |
|---|---|---|---|
| 1. taga-Galacia | 48 | Syrian Antioch | 14:28; 15:2 |
| 2. I taga-Tesalonica | 50 | Corinto | 18:5 |
| 3. II taga-Tesalonica | 50 | Corinto | |
| 4. I taga-Corinto | 55 | Efeso | 19:20 |
| 5. II taga-Corinto | 56/57 | Macedonia | 20:2 |
| 6. taga-Roma | 57 | Corinto | 20:3 |
| 7.-10. Mga Sulat sa Bilangguan | | | |
| taga-Colosas | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| taga-Efeso | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| Filemon | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| taga-Filipos | huling bahagi 62-63 | Roma | 28:30-31 |
| 11.-13. Pang-apat na Pang-Misyong Paglalakbay | | | |
| I Timoteo | 63 (o pagkatapos | Macedonia | |
| Tito | 63 ngunit bago | Efeso (?) | |
| II Timoteo | 64 A.D. 68) | Roma | |

(Si Pablo ay maaaring binitay noong A.D. 65).

## V. ANG MGA TUMANGGAP NG SULAT

A. Ang tumanggap ng sulat ay ang nagsisimulang iglesiya na binubuo karamihan ng mga Hentil. Ang populasyon ng Corinto ay magkakahalo sa lahi at kultura. Nalalaman natin mula sa arkeolohiya at Banal na Kasulatan (cf. Mga Gawa 18:4-8) na mayroong isang sinagoga sa Corinto.

B. Ang Romanong mga sundalo ay naretiro doon pagkatapos nilang nabuo ang dalawampung taon ng pang-militar na paglilingkod. A Corinto ay isang malayang lungsod, isang Romanong kolonya, at kabisera ng Romanong lalawigan ng Achaia.

C. Ang sulat ay tila naglalarawan ng maraming pangkat sa iglesiya:
   1. mga marurunong ng Griyego na patuloy na lubhang pinagmamalaki ang kanilang mga pang-pilosopiyang tradisyon at tinatangkang pagsamahin ang Kristiyanong kapahayagan sa mga lumang kaugalian at mga intelektuwal na tradisyon.
   2. Romanong tagapagtaguyod at matatas sa lipunan
   3. isang pangkat ng mga nananampalatayang Hudyo na binubuo ng karamihan ng "may-takot-sa-Diyos" na mga Hentil, na dumadalo sa sinagoga
   4. isang malaking bilang ng mga mananampalatayang alipin

## VI. ANG LAYUNIN NG SULAT

A. Narinig ni Pablo ang mga suliranin na lumago sa Corinto mula sa apat na pinagmulan
   1. mga tao ni Cloe, 1:11
   2. isang sulat mula sa iglesiya na sumasangguni ng mga katanungan, 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12
   3. isang personal na pagdalaw mula kina Stephanas, Fortunato, at Achaico, 16:17

   Ito ay maaari na ang sulat (#2) ay dinala ng mga taong ito (#3).

   Ito ay nakakawili na si Murry Harris ay nabalangkas ang aklat ng I taga-Corinto batay sa natanggap na impormasyon ni Pablo tungkol sa iglesiya.
   1. pasalitang pag-uulat mula sa mga kasapi ng sambayanan ni Cloe, na nagdulot kay Pablo na isulat ang mga kabanatang 1-4
   2. pasalitang pag-uulat mula sa mga kinatawan ng iglesiya (i.e., , Stephano, Fortunato, at Achaico), na nagdulot ng mga kabatanang 5-6
   3. mga naisulat katanungan mula sa iglesiya, na nagdulot ng mga kabanatang 7-16

B. Ang iglesiya ay nagkaroon ng pagkakampi-kampi, na nagsusulong ng magkakaibang mga pinuno: Pablo, Apollos, Pedro, at maaaring isang partido ni Kristo (cf. 1:12). Hindi lamang ang iglesiya ay nahati sa mga uri ng pinuno, ngunit gayundin sa ibang maraming mga isyung moral at sa paggamit ng mga espiritwal na kaloob. Isang pangunahing punto ng panindigan ay ang awtoridad pang-Apostol ni Pablo (lalo na ang II taga-Corinto)!

## VII. ANG MGA KAKILALA NI PABLO SA IGLESIYA SA CORINTO—ISANG PANSAMANTALANG PANUKALA

A. Ilan ang mga sulat na isinulat ni Pablo sa Corinto?
   1. dalawa lamang, I at II taga-Corinto
   2. tatlo, na may isang sulat na nawala
   3. apat, na may dalawang sulat na nawala
   4. ang isang makabagong iskolar ay natagpuan ang mga bahagi ng dalawang nawalang sulat sa II taga-Corinto
      a. nakaraang sulat (I taga-Corinto 5:9) sa II taga-Corinto 6:14-17:1
      b. mabagsik na sulat (II taga-Corinto 2:3-4,9; 7:8-12) sa II taga-Corinto 10-13
   5. lima, na II taga-Corinto 10-13 na siyang ikalimang sulat, na ipinadala pagkatapos mag-ulat ni Tito na may kaugnayan sa mga mas malubhang balita

B. Ang teoriyang #3 ay tila ang pinaka-akma
1. nakaraang sulat, nawala (I taga-Corinto 5:9)
2. I taga-Corinto
3. mabagsik na sulat, nawala (maaaring bahagi nito ay naitala sa II taga-Corinto 2:1-11; 7:8-12)
4. II taga-Corinto

C. Isang panukalang panibagong-pagbabalangkas

| PETSA | PAGDALAW | SULAT |
|---|---|---|
| A.D. 50-52 Ika-2 Pang-misyong paglalakbay ni Pablo | a. Sa ika-2 pang-misyong paglalakbay ni Pablo, siya ay namalagi sa Corinto labing-walong buwan (cf. Mga Gawa 18:1- 11) | |
| A.D. 52 Si Gallio ay proconsul mula A.D. 51 (cf. Mga Gawa 18:12-17) | | a. I taga-Corinto 5:9-11 ay tila tumutukoy sa isang sulat patungkol sa isang immoral kalagayan ng iglesiya. Ang sulat na ito ay di-kilala maliban: (1) gaya na inaakala ng iba, na ang II taga-Corinto 6:14-7:1 ay bahagi nito o (2) na ang II taga-Corinto 2:3,4,9 ay mga sulat na aorist at tumutukoy sa II taga-Corinto. |
| A.D. 56 (tag-sibol) | b. Narinig ni Pablo ang tungkol sa mga suliranin sa iglesiya habang siya ay nasa Efeso mula sa dalawang pinagmulan: (1) mga tao ni Cloe, I taga-Corinto 1:11 at (2) Stephanas, Forltunato, at Achaico, I taga-Corinto 16:17. Sila ay tila nagdala ng isang sulat mula sa taga-Corintong bahay-iglesiya na naglalaman ng mga katanungan. | |
| A.D. 56 (tag-lamig) o A.D. 57 (tag-lamig) | | b. Sinagot ni Pablo ang mga katanungang ito (cf. I taga-Corinto 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,2) sa pamamagitan ng pagsulat ng I taga-Corinto. Si Timoteo (cf. I taga-Corinto 4:17) ang nagdala ng katugunan mula sa Efeso (cf. I taga-Corinto 16:8) papuntang Corinto. Hindi natugunan ni Timoteo ang mga suliranin sa iglesiya. |
| | c. Si Pablo ay gumawa ng isang biglaan, napakasakil na pagdalaw sa Corinto (hindi naitala sa Mga Gawa, cf. II taga-Corinto 2:1). Ito ay hindi nagtagumpay, ngunit siya ay nangakong babalik. | c. Si Pablo ay sumulat ng isang mabagsik na sulat (cf. II taga-Corinto 2:3-4:9; 7:8-12) sa mga Corintong bahay-iglesiya na dinala ni Tito (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:13-15). Ang sulat na ito ay di-kilala, |

| | | |
|---|---|---|
| | | maliban na, gaya ng inaakala ng iba, na bahagi nito ay II taga-Corinto 10-13. |
| | d. Nagpanukala si Pablo na katagpuin si Tito sa Troas, ngunit si Tito ay hindi dumating, kaya pumunta si Pablo sa Macedonia (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:5,13), maaaring Filipos (cf. MSS B[c], K, L, P). | |
| | | d. Natagpuan niya si Tito at narinig na ang iglesiya ay tumugon sa kanyang pamumuno at isinulat niya ang II taga-Corinto na may malaking pasasalamat (cf. 7:11-16). Ito ay dinala ni Tito |
| A.D. 57-58 (tag-lamig) | e. Ang huling naitalang pagdalaw ni Pablo sa Corinto ay tila tumutukoy sa Mga Gawa 20:2-3. Bagaman ito ay hindi nagbabangit ng Corinto sa pangalan, ito ay ipinapalagay. Siya ay nanatili doon sa panahon ng mga tag-lamig na buwan. | e. Ang kapansin-pansin pagbabago ng moda sa pagitan ng mga kabanatang 1-9 at 10-13 ay ipinaliwanag ng ilang iskolar bilang mas maraming masaming balita (maaaring ang pagpapalakas ng lumang mga kaaway at ang karagdagang mga kaaway) mula sa mga Corintong bahay-iglesiya pagkatapos ng mga kabanata 1- 9 ay naisulat (F. F. Bruce). |

## VIII. PAGWAWAKAS (KONKLUSYON)

A. Sa I taga-Corinto nakikita natin si Pablo, isang pastor, na nakikitungo sa isang iglesiyang may suliranin. Sa sulat na ito at sa taga-Galacia, nakita natin na kanyang ginamit ang katotohana ng pagkalahatang ebanghelyo sa iba't-ibang kaparaan, batay sa pangangailangan ng iglesiya: kalayaan sa mga iglesiya sa Galacia/mga pagtatakda sa iglesiya sa Corinto.

B. Ang aklat ay alinman sa isang kalipunan ng "pangkulturang dinosauro" o isang yaman ng may prinsipyong katotohanan na iniangkop sa isang partikular na pangkasaysayan/pang-kulturang kaganapan. Kailangan tayong mag-ingat na huwag ang katotohanan at mga pangkulturang pang-aangkop ng katotohanan yaon. Para sa isang mabuting pagtalakay ng napakahalagang isyu na ito sa hermenyuntika, basahin ang *How To Read ang Bible for All Its Worth*, pp. 65-76 nina Gordon D. Fee at Douglas Stuart at *Gospel and Spirit* ni Gordon Fee.

C. Ang aklat na ito ay magtutulak sa iyo sa hangganan ng iyong espiritwal na kakayahan na magbigay-kahulugan sa Bibliya. Pipilitin ka nitong mag-isip muli sa mga aspeto ng iyong teolohiya. Bubuksan nito ang isang bintana sa kalooban ng Diyos para sa ating panahon, sa praktikal na pananalita, gaya ng ilang kakaunting mga biblikal na kasulatan.

## IX. MAIKLING BALANGKAS NG I TAGA-CORINTO

A. Panimula 1:1-9
   1. Pagbati, 1:1-3
   2. Pasasalamant, 1:4-9

B. Naiulat na mga suliranin sa Corinto, 1:10-6:20
   1. Mga pagkakahati sa loob ng iglesiya dahil sa maling pagkaunawa sa Kristiyanong pamumuno (i.e., Pablo, Apollos, Pedro) mga layunin at mensahe, 1:10-4:12
   2. Nakakagulat na imoralidad, 5:1-13
   3. Mga paghahabla ng Kristiyano, 6:1-11
   4. Kristiyanong kalayaan ng tinakda ng pananagutan, 6:12-20

C. Isang sulat mula sa Corinto na nagtatanong ng mga nakakabahalang katanungan, 7:1-1-16:4
   1. Pantaong sekswalidad, 7:1-40
   2. Kaugnayan sa isang kulturang mapagsamba sa diyus-diyusan at Kristiyanong kalayaan, 8:1-11:1
   3. Kristiyanong pagsamba at ispiritwalidad, 11:2-14:40
   4. Mga kabatiran sa eskatolohiya, lalo na muling-pagkabuhay, 15:1-58
   5. Ang tulong para sa nagsugong iglesiya sa Herusalem, 16:1-4

D. Mga pangwakas ng pahayag
   1. Mga plano sa paglalagbay ni Pablo (at kanyang mga kamanggagawa), 16:5-12
   2. Panghuling tagubilin at mga pagbati, 16:13-24

## X. MGA IMINUMUNGKAHING PAGBASA TUNGKOL SA KAISIPAN NI PABLO

E. *The Mind of St. Paul*, ni William Barclay, inilimbag ng Harper & Row

F. *Paul, Apostle of the Heart Set Free*, ni F. F. Bruce, inilimbag ng Eerdmans

G. *The Origins of Paul's Religion*, ni J. Gresham Machen, inilimbag ng Eerdmans

H. *Paul, An Outline of His Theology*, ni Herman Ridderbos (isinalin ni John De Witt), inilimbag ng Eerdmans

I. *Epochs in the Life of Paul*, ni A. T. Robertson, inilimbag ng Baker

J. *A Man In Christ*, ni James S. Stewart, inilimbag ng Harper & Row

K. *Dictionary of Paul at His Letters*, inilimbag ng IVP

L. *Paul in the Roman World, The Conflict at Corinth*, ni Robert M. Grant, inilimbag ng Westminister, John Knox Press

M. *Philo at Paul Among the Sophists*, ni Bruce W. Winter, inilimbag ng Eerdmans

N. *After Paul Left Corinth*, ni Bruce W. Winter

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling

interpretasyon sa Bibliya.  Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon.  Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa.

***MAARI <u>MONG</u> MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!***

# *Mga Sulat ni Pablo sa isang Ligalig na Iglesiya: I at II Mga Taga-Corinto*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*BAGONG TIPAN, TOMO 6*

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL, MARSHALL, TEXAS
2002 (iniwasto 2011)

# PANIMULA SA I TAGA-CORINTO
## (MAISASAGAWANG TAGUBILIN SA ISANG LIGALIG NA IGLESIYA)

### I. ANG PAGIGING KATANGI-TANGI NG I TAGA-CORINTO

A. Ito ay mas madalas at mas naunang banggitin ng mga sinaunang ama ng iglesiya kaysa sa ibang sulat ni Pablo na nagpapakita ng kahalagahan at kapakinabangan nito.

B. Sa Muratorian Fragment, na isang talaan ng mga kanonikong aklat mula sa Roma (A.D. 200), ito ay itinala bilang una sa mga sinulat ni Pablo na nagpapakita din ng kahalagahan nito.

C. Si Pablo ay gumawa ng kaibahan sa praktikal na sulat na ito sa sa pagitan ng kanyang personal opinyon at ang mga kautusan ng Panginoon. Gayunman, ito ay batay sa kanyang pagkaalam ng mga katuruan ni Hesus sa anumang itinakdang paksa. Kung maaari niyang gawin, kanyang isasalin ang mga salita ni Hesus. Naniniwala siyan na ang kanyang mga opinyon ay kinasihan at makapangyarihan din naman (cf. 7:25, 40).

D. Ang mga gabay na prinsipyo ni Pablo para sa pagsasama sa iglesiya ay ang kalayaan ng bawa't-isang mga mananampalataya, ngunit kanila ring tinitimbag ang pangkalahatang pananagutan, hindi batay sa kautusan, ngunit sa pag-ibig. Ang kalusugan at paglago ng buong iglesiya ay mas mahalaga kaysa anu pa mang pansariling pagtatangi o natataning karapatan (cf. 12:7).

E. Ang sulat na ito (kasama ng II taga-Corinto) ay nagbibigay sa atin ng mas maagang pagtingin sa iglesiya ng NT, ang kanyang kayarian, mga pamamaraan, at mensahe. Gayunman, kailangan din matandaan na ang iglesiyang ito ay may suliranin, di-karaniwang katipunan ng mga tao.

### II. ANG LUNGSOD NG CORINTO

A. Ang paglalayag ng mga barko tuwing tagginaw sa paligid ng katimugang bahagi ng Gresiya (i.e., , Cape Malea) ay lubhang mapanganib. Samakatuwid, ang isang pinakamaikling daraanan sa lupa ay mahalaga. Ang heograpikong kinaroroonan ng Corinto sa apat-na-milyang tangway sa pagitan ng Golpo ng Corinto (i.e., , Dagat ng Ionias) at ang Golpo ng Saronico (i.e., , Dagat ng Aegeano) ay ginawa ang lungsod na isang pangunahing pangkomersyo pangdaungan, pangkalakalan (lalo na sa mga uri ng palayok at isang natatanging uring ng tanso), at pang-militar na sentro. Sa panahon ni Pablo, sa literal, ito ay kung saan ang mga kulura ng Silangan at Kanluran ay nagtatagpo.

B. Ang Corinto ay isa ring pangunahing pang-kulturang sentro ng Greco-Romanong mundo dahil ito ang nagdaos ng Palarong Ishmiano tuwing dalawang taon na nagsimula noong 581 B.C. (sa Templo ni Poseidon). Tanging ang Palarong Olimpiyado sa Atenas, bawat apat na taon, ang makakatumbas sa kanila sa laki at kahalagahan (Thucydides, *Hist*. 1.13.5).

C. Noong 146 B.C. ang Corinto na nakasangkot sa isang paghihimagsik (i.e., , ang Liga ng Achaeano) laban sa Roma at winasak ng Romanong Heneral na Lucio Mummio at ang Griyegong populasyon ay ikinalat sa pagkaalipin. Dahil sa kanyang kahalagahang pang-ekonomiya at pang-militar, ito ay muling itinayo nang 46 o 48 B.C. ni Julio Caesar. Ito ay naging isang Romanong kolonya kung saan ang Romanong mga sundalo ay nagreretiro. Ito ay katulad ng Roma sa arkitektura at kultura at ang administratibong sentro ng Romanong (i.e., , pang-Senado) lalawigan ng Achaia noong 27 B.C. Ito ay naging isang pang-Imperyong Lalawigan noong A.D. 15.

D. Ang acropolis ng Lumang Corinto, nasa taas na mahigit sa 1880 talampakang sa kapatagan, ay ang lugar ng templo kay Aphrodita. Sa templong ito ay maiuugnay ang 1,000 mga patutot (Strabo, *Geography*, 8.6.20-22). Ang matawag na "isang taga-Corinto" (i.e., *Korinthiazesthai*, na linikha ni Aristophanes [450-385 B.C.]) ay kasingkahulugan sa pabaya, magulong pamumuhay. Ang templong ito, gaya ng karamihan ng lungsod, ay nawasak sa isang lindol 150 taon bago nakapunta si Pablo arrived, naulit ito noong A.D. 77. Ito ay di-tiyak kung ang pagpapayabong na kulto ay nagpatuloy sa panahon ni Pablo. Magbuhay na ang taga-Roma, noong 146 B.C., ay winasak ang lungsod at pinatay o inalipin ang lahat ng kanyang mamamayan, ang Griyegong timpla ng lungsod ay napalitan ng kanyang Romanong kolonyal na kalalagayan (Pausanias, II.3.7). Ang Romanong pang-kulturang

konteksto sa halip na Griyegong kultura, ay ginagawang isang mahalagang pagkakaiba sa pagbibigay-kahulugan ng I taga-Corinto.

## III. ANG MAY-AKDA

A. Dito sa lungsod na ito si Pablo ang Apostol dumating sa kanyang pangalawang pang-misyong paglalakbay; ang tala ay matatagpuan sa Mga Gawa 18:1-21.Sa pamamagitan ng isang pangitain ang Panginoon ay nagpahayag kay Pablo na marami ang mananampalataya at walang matagumpay na pagsalungat sa kanyang ministeryo (cf. Mga Gawa 18:9-10).

B. Ang pang-misyong pamamaraan ni Pablo ay magtatag ng isang iglesiya sa pangunahing mga lungsod ng kanyang kapanahunan, na nalalaman na ang mga nanampalatayang mga panauhin, mga naglalakbay na tindero, mga manlalayag ay ikakalat ang ebanghelyo sa kanilang paghayo. Ito ay nasa lokal na iglesiya na ang pananagutan para sa pag-e-ebanghelyo at pagtuturo ng mga disipulo sa kanilang lugar.

C. Natagpuan ni Pablo sina Aquila at Priscilla, na mga mananampalaya ding mga Hudyo na gumagawa ng mga tolda o manggagawa ng balat, sa Corinto. Siya ay sapilitang pinalabas ng Roma noong A.D. 49 sa utos ni Claudio (Orosius, *Hist.* 7:6:15-16) laban sa anumang mga kagawian o ritwal na pang-Hudyo (cf. Mga Gawa 18:2). Si Pablo ay dumating sa Corinto na mag-isa. Kapwa sina Silas at Timoteo ay naatasan sa Macedonia (cf. Mga Gawa 18:5). Siya ay lubhang pinanghihinaan ng loob (cf. Mga Gawa 18:9-19; I taga-Corinto 2:3). Gayunman, siya ay nagpatuloy at nanatili sa Corinto ng labing-walong buwan (cf. Mga Gawa 18:11).

D. Ang pagiging may-akda ni Pablo ng aklat na ito ay pinatunayan ni Clemente ng Roma, na nagsulat ng isang liham sa Corinto noong A.D. 95/96 (*I Clement* 37:5; 47:1-3; 49:5). Ang pagka-may-akda ni Pablo ng sulat na ito ay hindi kailanman pinagdudahan, kahit na ng makabagong panunuring kaalaman.

## IV. ANG PETSA

A. Ang petsa ng pagpunta ni Pablo sa Corinto ay natiyak ng isang tatak ng Emperador Claudio na matatagpuan sa Delphi, na nasa petsa ng pagka-prokonsul ni Gallio na nagsimula noong Hulyo A.D. 51 hanggang Hulyo, 52 (cf. Mga Gawa 18:12-17), na maaaring gawin ang petsa ng pagdating ni Pablo na halos A.D. 49-50.

B. Ang petsa ng sulat ni Pablo ay maaaring alinman sa gitna ng dekada 50. Isinulat ni ito mula sa Efeso kung saan siya ng nagministeryo sa pagitan ng dalawang taon (cf. Mga Gawa 19:10) at tatlong taon (cf. Mga Gawa 20:31).

C. Isang maaaring pagkasunod-sunod ng mga sulat ni Pablo na sinusundan sina F. F. Bruce at Murry Harris na may kaunting mga paghalaw:

| Aklat | Petsa | Lugar na Pinagsulatan | Kaugnayan sa Mga Gawa |
|---|---|---|---|
| 1. taga-Galacia | 48 | Syrian Antioch | 14:28; 15:2 |
| 2. I taga-Tesalonica | 50 | Corinto | 18:5 |
| 3. II taga-Tesalonica | 50 | Corinto | |
| 4. I taga-Corinto | 55 | Efeso | 19:20 |
| 5. II taga-Corinto | 56/57 | Macedonia | 20:2 |
| 6. taga-Roma | 57 | Corinto | 20:3 |
| 7.-10. Mga Sulat sa Bilangguan | | | |
| taga-Colosas | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| taga-Efeso | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| Filemon | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| taga-Filipos | huling bahagi 62-63 | Roma | 28:30-31 |
| 11.-13. Pang-apat na Pang-Misyong Paglalakbay | | | |
| I Timoteo | 63 (o pagkatapos | Macedonia | |
| Tito | 63 ngunit bago | Efeso (?) | |
| II Timoteo | 64 A.D. 68) | Roma | |

(Si Pablo ay maaaring binitay noong A.D. 65).

## V. ANG MGA TUMANGGAP NG SULAT

A. Ang tumanggap ng sulat ay ang nagsisimulang iglesiya na binubuo karamihan ng mga Hentil. Ang populasyon ng Corinto ay magkakahalo sa lahi at kultura. Nalalaman natin mula sa arkeolohiya at Banal na Kasulatan (cf. Mga Gawa 18:4-8) na mayroong isang sinagoga sa Corinto.

B. Ang Romanong mga sundalo ay naretiro doon pagkatapos nilang nabuo ang dalawampung taon ng pang-militar na paglilingkod. A Corinto ay isang malayang lungsod, isang Romanong kolonya, at kabisera ng Romanong lalawigan ng Achaia.

C. Ang sulat ay tila naglalarawan ng maraming pangkat sa iglesiya:
   1. mga marurunong ng Griyego na patuloy na lubhang pinagmamalaki ang kanilang mga pang-pilosopiyang tradisyon at tinatangkang pagsamahin ang Kristiyanong kapahayagan sa mga lumang kaugalian at mga intelektuwal na tradisyon.
   2. Romanong tagapagtaguyod at matatas sa lipunan
   3. isang pangkat ng mga nananampalatayang Hudyo na binubuo ng karamihan ng “may-takot-sa-Diyos” na mga Hentil, na dumadalo sa sinagoga
   4. isang malaking bilang ng mga mananampalatayang alipin

## VI. ANG LAYUNIN NG SULAT

A. Narinig ni Pablo ang mga suliranin na lumago sa Corinto mula sa apat na pinagmulan
   1. mga tao ni Cloe, 1:11
   2. isang sulat mula sa iglesiya na sumasangguni ng mga katanungan, 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12
   3. isang personal na pagdalaw mula kina Stephanas, Fortunato, at Achaico, 16:17

   Ito ay maaari na ang sulat (#2) ay dinala ng mga taong ito (#3).

   Ito ay nakakawili na si Murry Harris ay nabalangkas ang aklat ng I taga-Corinto batay sa natanggap na impormasyon ni Pablo tungkol sa iglesiya.
   1. pasalitang pag-uulat mula sa mga kasapi ng sambayanan ni Cloe, na nagdulot kay Pablo na isulat ang mga kabanatang 1-4
   2. pasalitang pag-uulat mula sa mga kinatawan ng iglesiya (i.e., , Stephano, Fortunato, at Achaico), na nagdulot ng mga kabatanang 5-6
   3. mga naisulat katanungan mula sa iglesiya, na nagdulot ng mga kabanatang 7-16

B. Ang iglesiya ay nagkaroon ng pagkakampi-kampi, na nagsusulong ng magkakaibang mga pinuno: Pablo, Apollos, Pedro, at maaaring isang partido ni Kristo (cf. 1:12). Hindi lamang ang iglesiya ay nahati sa mga uri ng pinuno, ngunit gayundin sa ibang maraming mga isyung moral at sa paggamit ng mga espiritwal na kaloob. Isang pangunahing punto ng panindigan ay ang awtoridad pang-Apostol ni Pablo (lalo na ang II taga-Corinto)!

## VII. ANG MGA KAKILALA NI PABLO SA IGLESIYA SA CORINTO—ISANG PANSAMANTALANG PANUKALA

A. Ilan ang mga sulat na isinulat ni Pablo sa Corinto?
   1. dalawa lamang, I at II taga-Corinto
   2. tatlo, na may isang sulat na nawala
   3. apat, na may dalawang sulat na nawala
   4. ang isang makabagong iskolar ay natagpuan ang mga bahagi ng dalawang nawalang sulat sa II taga-Corinto
      a. nakaraang sulat (I taga-Corinto 5:9) sa II taga-Corinto 6:14-17:1
      b. mabagsik na sulat (II taga-Corinto 2:3-4,9; 7:8-12) sa II taga-Corinto 10-13
   5. lima, na II taga-Corinto 10-13 na siyang ikalimang sulat, na ipinadala pagkatapos mag-ulat ni Tito na may kaugnayan sa mga mas malubhang balita

B. Ang teoriyang #3 ay tila ang pinaka-akma
   1. nakaraang sulat, nawala (I taga-Corinto 5:9)
   2. I taga-Corinto
   3. mabagsik na sulat, nawala (maaaring bahagi nito ay naitala sa II taga-Corinto 2:1-11; 7:8-12)
   4. II taga-Corinto

C. Isang panukalang panibagong-pagbabalangkas

| PETSA | PAGDALAW | SULAT |
|---|---|---|
| A.D. 50-52 Ika-2 Pang-misyong pagla-lakbay ni Pablo | a. Sa ika-2 pang-misyong pagla-lakbay ni Pablo, siya ay nama-lagi sa Corinto labing-walong buwan (cf. Mga Gawa 18:1- 11) | |
| A.D. 52 Si Gallio ay proconsul mula A.D. 51 (cf. Mga Gawa 18:12-17) | | a. I taga-Corinto 5:9-11 ay tila tumutukoy sa isang sulat patungkol sa isang immoral kalagayan ng iglesiya. Ang sulat na ito ay di-kilala maliban: (1) gaya na inaakala ng iba, na ang II taga-Corinto 6:14-7:1 ay bahagi nito o (2) na ang II taga-Corinto 2:3,4,9 ay mga sulat na aorist at tumutukoy sa II taga-Corinto. |
| A.D. 56 (tag-sibol) | b. Narinig ni Pablo ang tungkol sa mga suliranin sa iglesiya habang siya ay nasa Efeso mula sa dalawang pinagmulan: (1) mga tao ni Cloe, I taga-Corinto 1:11 at (2) Stephanas, Forltunato, at Achaico, I taga-Corinto 16:17. Sila ay tila nagdala ng isang sulat mula sa taga-Corintong bahay-iglesiya na naglalaman ng mga katanungan. | |
| A.D. 56 (tag-lamig) o A.D. 57 (tag-lamig) | | b. Sinagot ni Pablo ang mga katanungang ito (cf. I taga-Corinto 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,2) sa pamamagitan ng pagsulat ng I taga-Corinto. Si Timoteo (cf. I taga-Corinto 4:17) ang nagdala ng katugunan mula sa Efeso (cf. I taga-Corinto 16:8) papuntang Corinto. Hindi natugunan ni Timoteo ang mga suliranin sa iglesiya. |
| | c. Si Pablo ay gumawa ng isang biglaan, napakasakil na pagdalaw sa Corinto (hindi naitala sa Mga Gawa, cf. II taga-Corinto 2:1). Ito ay hindi nagtagumpay, ngunit siya ay nangakong babalik. | c. Si Pablo ay sumulat ng isang mabagsik na sulat (cf. II taga-Corinto 2:3-4:9; 7:8-12) sa mga Corintong bahay-iglesiya na dinala ni Tito (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:13-15). Ang sulat na ito ay di-kilala, |

| | | |
|---|---|---|
| | d. Nagpanukala si Pablo na katagpuin si Tito sa Troas, ngunit si Tito ay hindi dumating, kaya pumunta si Pablo sa Macedonia (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:5,13), maaaring Filipos (cf. MSS $B^c$, K, L, P). | maliban na, gaya ng inaakala ng iba, na bahagi nito ay II taga-Corinto 10-13.<br><br>d. Natagpuan niya si Tito at narinig na ang iglesiya ay tumugon sa kanyang pamumuno at isinulat niya ang II taga-Corinto na may malaking pasasalamat (cf. 7:11-16). Ito ay dinala ni Tito |
| A.D. 57-58 (tag-lamig) | e. Ang huling naitalang pagdalaw ni Pablo sa Corinto ay tila tumutukoy sa Mga Gawa 20:2-3. Bagaman ito ay hindi nagbabangit ng Corinto sa pangalan, ito ay ipinapalagay. Siya ay nanatili doon sa panahon ng mga tag-lamig na buwan. | e. Ang kapansin-pansin pagbabago ng moda sa pagitan ng mga kabanatang 1-9 at 10-13 ay ipinaliwanag ng ilang iskolar bilang mas maraming masaming balita (maaaring ang pagpapalakas ng lumang mga kaaway at ang karagdagang mga kaaway) mula sa mga Corintong bahay-iglesiya pagkatapos ng mga kabanata 1- 9 ay naisulat (F. F. Bruce). |

## VIII. PAGWAWAKAS (KONKLUSYON)

A. Sa I taga-Corinto nakikita natin si Pablo, isang pastor, na nakikitungo sa isang iglesiyang may suliranin. Sa sulat na ito at sa taga-Galacia, nakita natin na kanyang ginamit ang katotohana ng pagkalahatang ebanghelyo sa iba't-ibang kaparaan, batay sa pangangailangan ng iglesiya: kalayaan sa mga iglesiya sa Galacia/mga pagtatakda sa iglesiya sa Corinto.

B. Ang aklat ay alinman sa isang kalipunan ng "pangkulturang dinosauro" o isang yaman ng may prinsipyong katotohanan na iniangkop sa isang partikular na pangkasaysayan/pang-kulturang kaganapan. Kailangan tayong mag-ingat na huwag ang katotohanan at mga pangkulturang pang-aangkop ng katotohanan yaon. Para sa isang mabuting pagtalakay ng napakahalagang isyu na ito sa hermenyuntika, basahin ang *How To Read ang Bible for All Its Worth*, pp. 65-76 nina Gordon D. Fee at Douglas Stuart at *Gospel and Spirit* ni Gordon Fee.

C. Ang aklat na ito ay magtutulak sa iyo sa hangganan ng iyong espiritwal na kakayahan na magbigay-kahulugan sa Bibliya. Pipilitin ka nitong mag-isip muli sa mga aspeto ng iyong teolohiya. Bubuksan nito ang isang bintana sa kalooban ng Diyos para sa ating panahon, sa praktikal na pananalita, gaya ng ilang kakaunting mga biblikal na kasulatan.

## IX. MAIKLING BALANGKAS NG I TAGA-CORINTO

A. Panimula 1:1-9
   1. Pagbati, 1:1-3
   2. Pasasalamant, 1:4-9

B. Naiulat na mga suliranin sa Corinto, 1:10-6:20
   1. Mga pagkakahati sa loob ng iglesiya dahil sa maling pagkaunawa sa Kristiyanong pamumuno (i.e., Pablo, Apollos, Pedro) mga layunin at mensahe, 1:10-4:12
   2. Nakakagulat na imoralidad, 5:1-13
   3. Mga paghahabla ng Kristiyano, 6:1-11
   4. Kristiyanong kalayaan ng tinakda ng pananagutan, 6:12-20

C. Isang sulat mula sa Corinto na nagtatanong ng mga nakakabahalang katanungan, 7:1-1-16:4
   1. Pantaong sekswalidad, 7:1-40
   2. Kaugnayan sa isang kulturang mapagsamba sa diyus-diyusan at Kristiyanong kalayaan, 8:1-11:1
   3. Kristiyanong pagsamba at ispiritwalidad, 11:2-14:40
   4. Mga kabatiran sa eskatolohiya, lalo na muling-pagkabuhay, 15:1-58
   5. Ang tulong para sa nagsugong iglesiya sa Herusalem, 16:1-4

D. Mga pangwakas ng pahayag
   1. Mga plano sa paglalagbay ni Pablo (at kanyang mga kamanggagawa), 16:5-12
   2. Panghuling tagubilin at mga pagbati, 16:13-24

## X. MGA IMINUMUNGKAHING PAGBASA TUNGKOL SA KAISIPAN NI PABLO

E. *The Mind of St. Paul*, ni William Barclay, inilimbag ng Harper & Row

F. *Paul, Apostle of the Heart Set Free*, ni F. F. Bruce, inilimbag ng Eerdmans

G. *The Origins of Paul's Religion*, ni J. Gresham Machen, inilimbag ng Eerdmans

H. *Paul, An Outline of His Theology*, ni Herman Ridderbos (isinalin ni John De Witt), inilimbag ng Eerdmans

I. *Epochs in the Life of Paul*, ni A. T. Robertson, inilimbag ng Baker

J. *A Man In Christ*, ni James S. Stewart, inilimbag ng Harper & Row

K. *Dictionary of Paul at His Letters*, inilimbag ng IVP

L. *Paul in the Roman World, The Conflict at Corinth*, ni Robert M. Grant, inilimbag ng Westminister, John Knox Press

M. *Philo at Paul Among the Sophists*, ni Bruce W. Winter, inilimbag ng Eerdmans

N. *After Paul Left Corinth*, ni Bruce W. Winter

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling

interpretasyon sa Bibliya.  Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon.  Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit
2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit
3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit
4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit
5. At iba pa.

# I MGA TAGA-CORINTO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Pagbati at Pasasalamat | Pagbati | Pagpupugay | Mga Pagbati | Talumpati at Mga Pagbati |
| 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1 | 1:1-3 |
| | | | 1:2 | |
| | | | 1:3 | |
| | Mga Espiritwal na Kaloob sa Corinto | Pasasalamat | Mga Biyaya kay Kristo | Pasasalamat |
| 1:4-9 | 1:4-9 | 1:4-9 | 1:4-9 | 1:4-9 |
| Mga Pagkakahati sa Iglesiya | Sektaryanismo ay Kasalanan | Mga Paghahati sa Corinto | Paghahati sa Iglesiya | Mga Pagtatalo sa mga Matatapat |
| 1:10-17 | 1:10-17 | 1:10-17 | 1:10-13 | 1:10-16 |
| | | | 1:14-17 | Ang Tunay na Karunungan at ang Bulaan |
| Kristo ang Kapangyarihan at Karunungan ng Diyos | Kristo ang Kapangyarihan at Karunungan ng Diyos | Kristong Ipinako sa Krus (1:18-2:5) | Kristo ang Kapangyarihan at Karunungan ng Diyos | (1:17-3:4) |
| | | | | 1:17-25 |
| 1:18-25 | 1:18-25 | 1:18-25 | 1:18-20 | |
| | | | 1:21-25 | |
| 1:26-31 | 1:26-31 | 1:26-31 | 1:26-31 | 1:26-31 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.**

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1**

**[1]Si Pablo, na tinawag *bilang* isang apostol ni Hesukristo sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at si Sostenes na ating kapatid,**

**1:1 "Pablo"** Karamihan ng mga Hudyo ng panahon ni Pablo na naninirahan sa labas ng Palestina ay may dalawang pangalan, isang pang-Hudyo isang Romano (cf. Mga Gawa 13:9). Ang pang-Hudyong pangalan ni Pablo ay Saul. Siya, tulad ng sinaunang Hari ng Israel, ay nasa angkan ni Benjamin (cf. taga-Roma 11:1; taga-Filipos 3:5). Ang kanyang Romano o Griyegong pangalan, Pablo, ay nangangahulugang "munti." Ito ay tumutukoy alinman

1. sa kanyang pisikal na pangangatawan, na tinutukoy sa isang ikalawang- siglong di-kanonikong aklat, *The Acts of Paul,* sa isang kabanatang kaugnay sa Thessalonika na tinatawag na "Pablo at Thekla"
2. sa kanyang personal na pananaw bilang pinakamababa sa mga banal dahil dati niyang pinagmamalupitan ang Iglesiya (cf. I taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; I Timoteo 1:15)
3. sa pangalan lamang na binigay ng kanyang mga magulang sa kapanganakan

▣ **"tinawag"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

**NATATANGING PAKSA: TINAWAG**

Ang Diyos ay palagiang pinasisimulan ang pagtawag, pagpili at paghikayat sa mga mananampalataya sa Kanyang sarili (cf. Juan 6:44, 65; 15:16; I taga-Corinto 1:12; taga-Efeso 1:4-5,11). Ang salitang "tinatawag" ay ginamiat sa maraming mga teolohikong pagkakaunawa.

A. Ang mga makasalanan ay tinawag sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ayon sa natapos na gawain ni Kristo at sa pag-uudyok ng Espiritu (i.e., *klētos*, cf. taga-Roma 1:6-7; 9:24, na may teolohikong pagkakatulad sa I taga-Corinto 1:1-2 at II Timoteo 1:9; II Pedro 1:10).
B. Ang mga makasalanan ay tumatawag sa panangalan ng Panginoon upang maligtas (i.e., *epikaleō*, cf. Mga Gawa 2:21; 22:16; taga-Roma 10:9- 13). Ang pahayag na ito ay isang pang-Hudyong kataga sa pagsamba.
C. Ang mga mananampalataya ay tinawag upang mabuhay ng pamumuhay na tulad kay Kristo (i.e., *klēsis*, cf. I taga-Corinto 1:26; 7:20; taga-Efeso 4:1; taga-Filipos 3:14; II taga-Thesalonica 1:11; II Timoteo 1:9).
D. Ang mga mananampalataya sa tinawag sa mga pang-ministeryong gawain (cf. Mga Gawa 13:2; I taga-Corinto 12:4-7; taga-Efeso 4:1).

▣ **"isang apostol"** Ito ay isang karaniwang Griyegong salita para sa "isinugo" (i.e., *apostellō*). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:9. Ang terminong ito ay mayroong maraming teolohikong pagkakagamit.

1. Ang mga rabbi ay ginamit ito bilang isang tinawag at isinugo bilang isang opisyal na kinatawan ng iba, tulad ng ating Ingles na "embahador" (cf. II taga-Corinto 5:20).
2. Ang mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit ang termino kay Hesus bilang isinugo ng Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48). Sa Juan ang termino ay kumukuha ng mga pang-Mesias na kaunawaan (cf. Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginagamit sa pagsugo ni Hesus sa mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21).
3. Ang ginagamit ito ng NT para sa mga disipulo.
   a. ang orihinal na Dabindalawa na kabilang sa panloob na kalipunan ng mga disipulo (cf. Lucas 6:13; Mga Gawa 1:21-22)
   b. isang natatanging pangkat ng mga pang-Apostol na mga lingkod at kamang-gagawa
      (1) Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4,14)
      (2) Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. taga-Roma 16:7)
      (3) Apolos (cf. I taga-Corinto 4:6-9)
      (4) Santiago, ang Panginoon's brother (cf. taga-Galacia 1:19)
      (5) Silvano at Timoteo (cf. I taga-Tesalonica 2:6)
      (6) maaaring si Tito (cf. II taga-Corinto 8:23)
      (7) maaaring si Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25)
   c. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)
4. Ginagamit ni Pablo ang titulong ito para sa kanyang sarili sa karamihan ng kanyang mga sulat bilang isang paraan ng pagdidiin ng kanyang panawagan na pinagkaloob ng Diyos at awtoridad bilang kinatawan ni Kristo (cf. taga-Roma 1:1; I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1; I Timoteo

1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

▣ **"Hesukristo"** Ang mga terminong ito ay bahagi ng mas buong titulong "ang Panginoong Hesukristo" (cf. vv. 2,3,7,8,9, 10). Ang tatlong titulong ito ay mayroon lahat na kaniya-kaniyang kahalagahan.

1. "Hesus" ay ang pangalan na ipinagkaloob sa sangol sa Bethlehem ng anghel (cf. Mateo 1:21). Ito ay binubuo ng dalawang Hebreong panggalan: "YHWH," ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, at "kaligtasan" (i.e., Hosea). Ito ay ang katulad na Hebreong pangalan kay Joshua. Kapag ginamit nang nag-iisa, ito ay kadalasang tumutukoy sa isang tao, si Hesus ng Nazareth, anak ni Maria (e.g., Mateo 1:16, 25; 2:1; 3:13,15,16).
2. "Kristo" ay ang Griyegong salin ng Hebreong *Messias* (i.e., isang Pinili). Binibigyang-diin nito ang OT titulo ni Hesus bilang ipinangako ni YHWH na magtatatag ng bagong panahon ng katuwiran.
3. "Panginoon" (ginamit sa 1:1 ng KJV) ay ang salin ng Hebreong terminong *adon*, na nangangahulugang "may-ari, asawang lalaki, guro, o panginoon." Ang mga Hudyo ay naging takot sa pagsasambit sa sagradong pangalan ni YHWH upang hindi nila masambit ito ng walang saysay at labagin ang isa sa Sampung Utos. Kapag binabasa nila ang mga Kasulataan, ipinapalit nila ang *Adon* sa YHWH. Ito ang dahilan bakit ang mga Ingles na salin ay gumagamit ng lahat na malaking titik na PANGINOON para kay YHWH sa OT. Sa paglipat ng titulong ito (*kurios* sa Griyego) kay Hesus, ang mga may-akda ng NT ay binibigyang-diin ang Kanyang pagka-Diyos at pagkapantay sa Ama.

▣ **"sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos"** Ito ay ang una sa maraming mariing pahayag sa panimulang ito na nauugnay sa awtoridad ni Pablo (i.e., "tinawag na isang Apostol," v. 1, "sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos," v. 1, at "sa pangalan ng ating Panginoong Hesukristo," v. 10). Ang awtoridad ng pagka-Apostol ni Pablo ay ang pangunahing teolohikong isyu sa mga sulat sa Corinto, lalo na sa II taga-Corinto.

Ang katulad na panimulang pariralang ito ay ginamit sa taga-Colosas 1:1; I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; at II Timoteo 1:1. Si Pablo ay naniniwala na ang Diyos ang pumili sa kaniya upang maging isang Apostol. Ang natataning diwa ng panawagang ito ay nagsimula sa kanyang pagbabago sa daan ng Damasco (cf. Mga Gawa 9:22,26).

▣ **"Sostenes"** Ito ay maaaring ang Hudyong pinuno na nabanggit sa Mga Gawa 18:17, na pinalo ng maraming tao at maaaring kinalaunan ay naging isang mananampalataya at isang pinuno sa lokal na iglesiya. Ito ay maaari na siya ay (1) lingkod; (2) eskriba in Pablo; (3) pinagmulan ng kabatiran patungkol sa iglesiya o; (4) isang tao sa iglesiya na lubusang kilala.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:2

**[2]Sa iglesiya ng Diyos na nasa Corinto, sa kanilang pinapagingbanal kay Kristo Hesus, na tinawag na mga banal, kasama ng lahat ng mga nagsisitawag sa bawat lugar, sa pangalan ng ating Panginoong Hesukristo, na kanila at ating *Panginoon*:**

**1:2 "sa iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (*EKKLESIA*)

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, "labas ng" at "tinawag," samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa "pagtitipun-tipon ng mga tao" ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na bayan ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; taga-Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa.

1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 at taga-Efeso
3. isang lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Gawa 7:38, sa pagpapahayag ni Stefano
5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

▣ **"ng Diyos na nasa Corinto"** Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng dalawang magkaibang kaunawaan patungkol sa "ang iglesiya."

1. Ito ay isang lokal na katawan ng mga muling-ipinanganak, nabautismuhang mananampalataya. Karamihan ng mga lugar sa NT na ang salitang *ekklesia* ay ginamit upang ipakilala ito sa lokal na kaunawaan.

2. Ito rin ay pangkalahatang paghahayag ng katawan ni Kristo. Ito ay nakita sa Mateo 16:18 (i.e., ang una sa di-karaniwang paggamit ng terminong ito ni Hesus, cf. Mateo 18:17 [dalawang beses]); Mga Gawa 9:31 ay gumagamit ng pang-isahang "iglesiya" para sa lahat ng lokal na mga katipunan sa Judea, Galilea, at Samaria; at sa huli ang paggamit ng termino sa taga-Efeso, na isang paikot na sulat sa mga iglesiya ng Asya Minor (cf. 1:22; 3:10,21; 5:23-32).

Mayroong isang malaking katawan ni Kristo na binubuo ng lahat ng mga mananampalataya (ang ilan ay patay na ngayon, ang ilan ay buhay pa) at mayroong lokal na pagpapakilala ng pangkalahatang katawan.

**"sa kanilang pinapagingbanal"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nangangahulugang sila ay naging at nagpapatuloy na maipahayag na banal sa pamamagitan ng gawa ni Hesus sa kaganapan ng Espiritu (cf. 6:11). Ang terminong ito (*hagiazō*) ay kaugnay sa ang salitang "banal" (*hagios*) at "mga banal" (i.e., "isang banal" *hagioi*). Ito ay nagpapahayag ng ating pagbubukod sa Diyos para sa paglilingkod. Dito ito ay tumutukoy sa ating kalagayan sa Kanya gaya ng sa v. 3, ngunit ang ibang mga lugar sa NT, mga mananampalataya ay nagpupunyagi patungo sa "kabanalan" (e.g., Mateo 5:48). Ito ay isang kalagayan na dapat taglayin. Pinapasigla ni Pablo naghahati-hati, mayabang na iglesiyang ito sa pagtawag sa kanila na "mga banal" kahit na sa gitna na kanilang mga kabiguan at mga kasalanan!

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGING BANAL

Ang NT ay nagsasaysay na kung ang mga makasalanan ay lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, silay ay kagyat na inaring ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong kalalagyan kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay ibinibilang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay idiniklarang matuwid at banal (isang legal na pagkilos ng Diyos).

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong kalalagyan sa natapos na gawa ni Hesukristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay walang-bayad na kaloob at magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

| **Paunang Pagtugon** | **Isang Umuunlad na Pagiging-wangis ni Kristo** |
|---|---|
| Gawa 20:23; 26:18 | taga-Roma 6:19 |
| taga-Roma 15:16 | II taga-Corinto 7:1 |
| taga-Corinto 1:2-3; 6:11 | taga-Efeso 1:4; 2:10 |
| taga-Thesalonica 2:13 | I taga-Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | I Timoteo 2:15 |
| I Pedro 1:12 | II Timoteo 2:21 |
| | Hebreo 12:14 |
| | I Pedro 1:15-16 |

**"kay Kristo Hesus"** Ang gramatikong anyong ito ay tinawag bilang isang *LOCATIVE OF SPHERE*. Ang mga mananampalataya ay pinagingbanal ng Ama (i.e., ang pinagmulan, cf. Juan 17:7; I taga-Tesalonica 5:23) sa pamamagitan ni Hesus (i.e., ang batayan, cf. 1:2; taga-Efeso 5:26). Ang kapwa mga aspeto ay magkasama sa Hebreo 2:11. Ito ay karaniwang ang Banal na Espiritu kung saan ito ay inuukol (i.e., ang gumaganap, cf. taga-Roma 15:16; II taga-Tesalonica 2:13).

Ito ay paboritong paraan ni Pablo na tawagin ang mga mananampalataya. Isang magandang halimbawa nito ay taga-Efeso 1:3,4,7,9,10,12,13. Tingnan si William Barclay, *The Mind of St. Paul*, pp. 121-132. Ito ay nangangahulugan ng napakahalaga, personal pakikipag-isa kay Hesus (cf. Mga Gawa 17:28).

Ito ay nakakawiling itala kung paanong ang mga eskriba ay mayroong

1. "kay Kristo Hesus" – MSS $P^{46}$, B, D, F, G
2. "kay Hesukristo" – MSS א, A

Ang ganitong uri ng mga pagkakaiba ay nangyayari sa proseso ng pagbasa at pagsipi. Hindi nila naaapektuhan ang kahulugan, ngunit ito ay nagpapakita na ang mga naunang eskriba ay mas pinag-uukulan ang pangunahing kahulugan ng teksto at hindi ang mahigpit na pagkakasulat.

**"na tinawag"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI. Gaya ng pagtawag kay Pablo ay bilang isang Apostol, gayundin naman ang mga Kristianong taga-Corinto ay tinatawag na mga banal (cf. taga-Roma 1:7). Pansinin ang mabigat na pagbibigay-diin sa doktrina ng eleksyon (pag-pili sa kabanatang ito sa vv. 9,24,26,27,28. Ang kayariang ito ay tumutukoy sa panimulang pagkilos ng Diyos sa pagtawag sa kanila at kanilang kasunod na pagtawag kay Hesus sa panalangin para sa kaligtasan, na nagbubunga sa nagpapatuloy na pananalangin, pagsamba, at pagsunod. Ang kaligtasan ay kapwa isang panimulang pananampalataya/pagsisisi na pagtugon at isang nagpapatuloy na pananampalataya/pagsisisi na pagtugon. Tingnan ang Natatanging Paksa: Tinawag sa 1:1.

**"mga banal"** "Mga banal" (*hagioi*) sa teolohiya ay kaugnay ng OT terminong "banal," (*kadosh*) na nangangahulugang "ibukod para sa paglilingkod sa Diyos" (cf. I taga-Corinto 1:2; II taga-Corinto 1:1; taga-Roma 1:1; taga-Filipos 1:1; taga-Colosas 1:2). Ito ay MARAMIHAN sa NT maliban sa isang pagkakaton sa taga-Filipos (4:21), ngunit kahit saan ito, ito ay

ginamit na pangmaramihan. Ang maligtas ay maging bahagi ng pangkasunduang pamayanan ng pananampalataya, ang pamilya ng mga mananampalataya, ang katawan ni Kristo.

Ang bayan ng Diyos ay banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Hesus (cf. taga-Roma 4; II taga-Corinto 5:21; taga-Galacia 3). Ito ay kalooban ng Diyos na sila ay mamuhay ng banal na pamumuhay (cf. 1:4; 4:1; 5:27; taga-Colosas 1:22; 3:12). Ang mga mananampalataya ay kapwa ipinahayag na banal (posisyonal na pagpapaging-banal) at tinawag na pamumuhay na may kabanalan (umuunlad na pagpapaging-banal). Ang pagpapawalang-sala at pagpapaging-banal ay kailangang napatunayang magkasama!

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL

Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash*, na may pangunahing kahulugan ng pagtatakda ng sinuman, anumang bagay, o anumang lugar na inihiwalay para tanging paggamit ni YHWH (BDB 871). Ipinapakilala nito ang konseptong Ingles na "ang sagrado (banal)." Si YHWH ay hiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang likas (walang hangang di-linikhang Espiritu) at ang Kanyang katangian (kasakdalang moral). Siya ang pamantayan na ang lahat ay masusukat at hahatulan. Siya ang kataas-taasan, Iisang Banal, Ibang Banal.

Linikha ng Diyos ang sangkatauhan para sa pakikipag-sama, ngunit ang pagkahulog (Genesis 3) ay nagdulot ng isang pang-ugnayan at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalananag sangkatauhan. Pinili ng Diyos na ipanumbalik ang Kanyang may malay na linikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging "banal" (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH, ang Kanyang mga tao ay naging banal sa kanilang pang-ugnayang kalalagayan sa Kanya, ngunit sila rin ay tinawag sa mabuhay sa banal na pamumuhay (cf. Mateo 5:48).

Ang banal na pamumuhay ay maaari dahil ang mga mananampalataya ay lubos na tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng buhay at gawain ni Hesus at ng presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang mga isipan at mga puso. Ito ay nagtatatag ng may kabalintunaang kalagayan:

1. Nagiging banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Kristo
2. Tinatawag na mabuhay ng may kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu

Ang mga mananampalataya ay "mga banal" (*hagioi*) dahil sa (1) ang <u>kalooban</u> ng Nag-iisang Banal (ang Ama);(2) ang <u>gawain</u> na Banal na Anak (Hesus); at (3) ang <u>presensya</u> ng Banal na Espiritu.

Ang NT ay palaging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban sa isang pagkakataon sa taga-Filipos 4:21, ngunit kahit na ganoon, ang konteksto ay ginawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawa, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa isang personal pagtanggap, ngunit magbubunga sa isang pangkahalatang pakikipag-ugnayan. Ang bawat-isa ay pinagkalooban (cf. I taga-Corinto 12:11) para sa kalusugan, paglago, at kagalingan ng katawan ni Kristo—ang iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang pagiging-banal ay isang pampamilyang katangian!

▣ **"ng lahat ng mga nagsisitawag sa bawat lugar"** Si Pablo ay ginagamit ang pariralang ito upang ipaalala sa mga mananampalataya na taga-Corinto na sila ay bahagi ng isang mas malaking iglesiyang pamilya. Sila ay walang taglay na karapatan sa di-karaniwang o natatanging pagtrato. Sila ay kailangang tumalima sa buong katawan ni Kristo sa doktrina at gawain (cf. 4:17; 7:17; 11:16; 14:33).

▣ **"nagsipagtawag ang pangalan ng ating Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa pagiging isang Kristiyano (cf. Mga Gawa 2:21; 22:16; taga-Roma 10:9-13), ngunit gayundin, nagpapatuloy na pagsamba (i.e., ang OT paggamit ng pangalan, cf. Genesis 4:26; 12:8; 26:25). Dito ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI, na naglalarawan ng isang bawat-sandaling pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay Kristo (i.e., sa teolohiya, katulad sa "kay Kristo" ni Pablo) at isang pagbibigay-diin sa isang personal na pagpapasya. Tingnan ang Natatanging Paksa at 1:10.

▣ **"na kanila at ating *Panginoon*"** Ito ay isa pang parirala na nagpapahiwatig ng pagkakaisa ng lahat ng mga mananampalataya at mga iglesiya. Hesus ay Panginoon ng lahat ng Kristiyanong pagtitipon, na ibinibilang ang Corinto. Si Pablo ay ipinakilala ang kanyang sarili at si Sostenes sa mga mananampalataya sa Corinto sa pariralang ito. Kailangang ipaalala sa kanila na (1) sila ay isa sa maraming mga katipunan (kongregasyon) at (2) na si Pablo ay isa sa kanila at para sa kanila!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:3

**[3]Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at ang Panginoong Hesukristo.**

**1:3 "biyaya"** Binago ni Pablo ang karaniwang panimulang termino ng Griyegong sulat na "pagbati," *charein,* sa isang natatanging Kristiyano na may katulad na tunog, *charis* (cf. taga-Roma 1:7; II taga-Corinto 1:2; taga-Galacia 1:3 taga-Efeso 1:2; taga-Filipos 1:2; II taga-Tesalonica 1:2; Filemon v. 3).

▣ **"kapayapaan"** Ito ay maaari na habang ang biyaya ay ipinapakita na isang kinaugaliang Griyegong pagbati kaya ang

"kapayapaan" ipinapakita na kinaugaliang Hebreong pagbati, *shalom*. Ang terminong *shalom* ay kapwa isang Hebreong pagbati at pamamaalam. Nagpapahiwatig ito di lamang kawalan ng mga suliranin, ngunit ang pagkakaroong ng kabutihan at kagalingan. Ito ay lamang ay maaari na ang pamantayang pagbati ni Pablo ay mula sa Bilang 6:25-26, kung saan kapwa biyaya at kapayapaan ay makikita. Sa teolohiya, ang biyaya ay palaging nauuna sa kapayapaan, ngunit kapwa ay matatagpuan lamang sa isang pananampalataya pakikipag-ugnayan kay Kristo (i.e., kapwa panglahatan at pang-isahan).

## NATATANGING PAKSA: KAPAYAPAAN (*SHALOM*)

Ang Hebreong termino (BDB 1022, KB 1532) ay karaniwan sa mga Semitikong magkaka-ugnay.

A. Akkadiano
   1. upang di-masaktan
   2. matiling-ligtas
   3. nasa mabuting kalagayan

B. Ugaritiko (Canaaneo)
   1. upang di-masaktan
   2. malusog

C. Arabe
   1. maging malusog
   2. maging nasa masayang kalagayan

D. Aramaiko
   1. maging lubos
   2. dumating sa katapusan/pagkalubos
   3. magwakas sa kapayapaan
   4. manatiling ligtas

E. Mga Hebreong kahulugan
   1. kalubusan
   2. kabutihan
   3. kapakanan
   4. kapayapaan

Ngayon ang terminong *shalom* ay isang Hebreong pagbati gayundin ay isang pahayag ng pamamaalam. Ito pa rin ay nangangahulugan ng kawalan ng kasamaan at pag-iral ng kabutihan (i.e., kapanatagan sa buhay). Ito ay nangangahulugan ng isang pagkaisipang kalagayan ng katiwasayan at kaluguran.

▣ **"mula sa Diyos na ating Ama AT ANG Panginoong Hesukristo"** Kapwa "biyaya" at "kapayapaan" ay nagmula sa Ama at sa Anak. Ang Ama at si Hesus ay inugnay sa gramatika bilang isang yunit (i.e., isang PANG-UKOL, ngunit dalawang MGA LAYON). Ito ay isang karaniwang paraan para sa may-akda ng NT upang bigyang-diin ang pagka-Diyos ni Hesus (cf. I taga-Tesalonica 1:1; 3:11; II taga-Tesalonica 1:2,12; 2:16). Ang paggamit ng mga titulo sa OT ng Diyos na inuukol kay Hesus ay isa pang paraan ng pagpapahayag ng katulad na katotohanan (i.e., PANGINOON); gayundin ang pangyayari sa na "Ang Araw ng ating Panginoon," ngayon ay ipinagpapalagaykay Hesus ("ang araw ng ating Panginoong Hesukristo," cf. v. 8).

Para sa titulong "ang Panginoon Hesukristo" tingnan ang tala sa 1:1.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGIGING AMA NG DIYOS

I. Lumang Tipan
   A. Mayroong isang pangkaunawa na ang Diyos ay ama sa pamamagitan ng paglilikha.
      1. Genesis 1:26-27
      2. Malakias 2:10
      3. Gawa 17:28
   B. Ang ama ay ginamit na pagkakatulad sa maraming pagkakaunawa.
      1. Ama ng Israel (sa pagpili)
         a. "Anak" – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5; Isaias 1:2; 63:16; 64:8; Jeremias 3:19; 31:20; Osea 1:10; 11:1; Malakias 1:6
         b. "unang-anak" – Exodo 4:22; Jeremias 31:9
      2. Ama ng hari ng Israel (pang-Mesias)
         a. II Samuel 7:11-16
         b. Awit 2:7; Mga Gawa 13:33; Hebreo 1:5; 5:5
         c. Osea 11:1; Mateo 2:15
      3. Pagkakatulad sa mapagmahal na magulang
         a. ama (talinghaga)
            (1) tangan ang kanyang anak na lalaki – Deuteronomio 1:31

(2) nagsasaway – Deuteronomio 8:5; Kawikaan 3:12
(3) nagtutustos (i.e., Exodus) – Deuteronomio 32:1
(4) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
(5) umiibig – Awit 103:13
(6) kaibigan/gabay – Jeremias 3:4
(7) nagpapagaling/nagpapatawad – Jeremias 3:22
(8) nagbibigay-awa – Jeremias 31:20
(9) tagapagsanay – Osea 11:1-4
(10) natatanging anak – Malakias 3:!7

b. ina (talinghaga)
(1) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
(2) pag-ibig ng isang nagpapasusong ina – Isaias 49:15; 66:9-13 at Osea 11:4 (na may panukalang pag-aayos ng teksto mula sa "pamatok" to "sanggol")

II. Bagong Tipan
A. Ang Trinidad (mga talata na nabanggit ang lahat ng tatlong persona)
1. mga Ebanghelyo
a. Mateo 3:16-17; 28:19
b. Juan 14:26
2. Pablo
a. taga-Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
b. I taga-Corinto 2:8-10; 12:4-6
c. II taga-Corinto 1:21; 13:14
d. taga-Galacia 4:4-6
e. taga-Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-
f. I taga-Tesalonica 1:2-5
g. II taga-Tesalonica 2:13
h. Tito 3:4-6
3. Pedro – I Pedro 1:2
4. Judas – vv. 20-21

B. Hesus
1. Si Hesus bilang "bugtong na anak" – Juan 1:18; 3:16,18; I Juan 4:9
2. Si Hesus bilang "Anak ng Diyos" – Mateo 4:3; 14:33; 16:16; Lucas 1:32,35; Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
3. Si Hesus bilang Iniibig na Anak – Mateo 3:17; 17:5
4. Ang paggamit ni Hesus ng *abba* para Diyos – Marcos 14:36
5. Ang paggamit ni Hesus ng MGA PANGHALIP upang ipakita ang kapwa ang pakikipag-ugnayan Niya at natin sa Diyos
a. "Aking Ama," e.g., Juan 5:18; 10:30,33; 19:7; 20:17
b. "inyong Ama," e.g., Mateo 17:24-27
c. "ating Ama," e.g., Mateo 6:9,14,26

C. Isa sa maraming talinghaga sa pamilya na naglalarawan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos sa sangkatauhan:
1. Ang Diyos bilang Ama
2. Ang mga mananampalataya bilang
a. Mga anak ng Diyos
b. Mga anak
c. Ipinanganak ng Diyos
d. Ipinanganak muli
e. Kinupkop
f. Isinilang
g. Pamilya ng Diyos

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:4-9

**[4]Ako ay palagian nagpapasalamat sa aking Diyos ukol sa inyo, dahil sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo sa pamamagitan ni Kristo Hesus; [5]na sa lahat ng bagay ay pinagyaman kayo sa Kanya, sa lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman; [6]Gaya ng pagpapatibay sa inyo ng patotoo patungkol kay Kristo: [7]upang kayo'y hindi nagkulang sa anomang kaloob, na naghihintay nang masugid sa kapahayagan ng ating Panginoong Hesukristo; [8]na magpapatibay sa inyo hanggang sa katapusan, walang kapintasan sa panahon ng ating Panginoong Hesukristo. [9]Ang Diyos ay matapat, na sa pamamagitan nito ay tinawag kayo sa pakikipag-ugnayan sa Kaniyang Anak na si Hesukristong ating Panginoon.**

**1:4 "Ako ay palagian nagpapasalamat sa aking Diyos ukol sa inyo,"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA

NAGPAPAHIWATIG, na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos. Ang mga kabanatang 4-9 ay isang pagpapalawak ng mga bagay na pinasasalamatan ni Pablo sa Diyos para sa buhay ng kanyang ligalig na iglesiya. Ang isang panimulang pasasalamat ay isang pang-kulturang sangkap na inaasahan sa mga unang siglong sulat. Walang pasasalamat sa paninula ng II taga-Corinto (o taga-Galacia).

Mayroong dalawang sinaunang unsyanong manuskrito (i.e., $\aleph^*$ at B) na tinanggal ang PANGHALIP na "akin." Gayunman, ang mga Griyegong manuskrito ng $P^{61}$, $\aleph^2$, A, C, D, F, G, gayundin ang Vulgata, Syriac, Coptic, at Armenian na mga salin ay isinasama ito. Ang UBS[4] na Griyegong teksto ay nagbigay sa pagsasama nito ng isang A antas (i.e., tiyak).

## NATATANGING PAKSA: PASASALAMAT

I. Panimula
  A. Ito ay ang naaangkop na pag-uugali ng mga mananampalataya ukol sa Diyos:
    1. Ito ang pinagmumulan ng ating papuri sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo
      a. II taga-Corinto 2:14
      b. II taga-Corinto 9:15
      c. taga-Colosas 3:17
    2. Ito ay ang naaangkop layunin sa ministeryo, I taga-Corinto 1:4
    3. Ito ay ang nagpapatuloy na paksa ng langit:
      a. Pahayag 4:9
      b. Pahayag 7:12
      c. Pahayag 11:17
    4. Ito ay ang nagpapatuloy ng paksa sa mga mananampalataya
      a. taga-Colosas 2:7
      b. taga-Colosas 3:17
      c. taga-Colosas 4:2

II. Biblikal na Kasangkapan
  A. Lumang Tipan
    1. Dalawang payak na salita
      a. *yadah* (BDB 392), na nangangahulugang papuri
      b. *todah* (BDB 392), na nangangahulugang pasasalamat. Ito ay kadalasang ginamit sa mga hinahandog na alay (cf. II Cronica 29:31; 33:16)
    2. Si David ay nagtalaga ng mga natatanging Levita upang papurihan at pasalamatan ang Diyos. Ito ay pinagpatuloy nina Solomon, Hezekiah, at Nehemiah.
      a. I Cronica 16:4,7,41
      b. I Cronica 23:30
      c. I Cronica 25:3
      d. II Cronica 5:13
      e. II Cronica 7:6
      f. II Cronica 31:2
      g. Nehemiah 11:12
      h. Nehemiah 12:24,27,31,38,46
    3. Ang mga Salmo ay ang kalipunan ng mga papuri sa pasasalamat ng Israel.
      a. Pasasalamat kay YHWH sa Kanyang katapatan sa Kasunduan
        (1) Mga Awit 107:8
        (2) Mga Awit 103:1ff
        (3) Mga Awit 138:2
      b. Ang pasasalamat ay bahagi ng pagprusisyon sa Templo
        (1) Mga Awit 95:2
        (2) Mga Awit 100:4
      c. Ang pasasamat ay kasama sa mga handog
        (1) Mga Awit 26:7
        (2) Mga Awit 122:4
      d. Ibinibigay ang pasasalamat para sa mga pagkilos ni YHWH
        (1) Deliverance mula sa enemies
          (a) Mga Awit 7:17
          (b) Mga Awit 18:49
          (c) Mga Awit 28:7
          (d) Mga Awit 35:18
          (e) Mga Awit 44:8
          (f) Mga Awit 54:6

(g) Mga Awit 79:13
(h) Mga Awit 118:1,21,29
(i) Mga Awit 138:1
(2) Pagpapalaya mula sa bilangguan (talinghaga), Awit 142:7
(3) Pagpapalaya mulasa kamatayan
(a) Mga Awit 30:4,12
(b) Mga Awit 86:12-13
(c) Isaias 38:18-19
(4) Kanyang ibinababa ang masasama at itinataas ang matutuwid
(a) Mga Awit 52:9
(b) Mga Awit 75:1
(c) Mga Awit 92:1
(d) Mga Awit 140:13
(5) Siya ay nagpapatawad
(a) Mga Awit 30:4
(b) Isaias 12:1
(6) Siya provides for Kanyang people
(a) Mga Awit 106:1ff
(b) Mga Awit 111:1
(c) Mga Awit 136:1,26
(d) Mga Awit 145:10
(e) Jeremias 33:11

B. Bagong Tipan
1. Ang pangunahing salita na ginamit sa pagpapasalamat at pasasalamat (ilang mga sanggunian)
a. *eucharisteō* (cf. I taga-Corinto 1:4,14; 10:30; 11:24; 14:17,18; taga-Colosas 1:3,12; 3:17)
b. *eucharistos* (cf. taga-Colosas 3:15)
c. *eucharistia* (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 4:15; 9:11,12; taga-Colosas 2:7; 4:2)
d. *charis* (cf. I taga-Corinto 15:57; II taga-Corinto 2:14; 8:16; 9:15; I Pedro 2:19)
2. Ang halimbawa ni Hesus
a. Siya ay nagpapasalamat sa pagkain:
(1) Lucas 22:17,19 ( I taga-Corinto 11:24)
(2) Juan 6:11,23
b. Siya ay nagpapasalamat sa natugunang panalangin, Juan 11:41
3. Iba pang mga halimbawa ng pagpapasalamat
a. Kay Kristo na kaloob ng Diyos, II taga-Corinto 9:15
b. Sa pagkain
(1) Mga Gawa 27:35
(2) taga-Roma 14:6
(3) I taga-Corinto 10:30; 11:24
(4) I Timoteo 4:3-4
c. Sa pagpapagaling, Lucas 17:16
d. Sa kapayapaan, Mga Gawa 24:2-3
e. Sa pagkakaligtas mula sa panganib
(1) Mga Gawa 27:35
(2) Mga Gawa 28:15
f. Sa lahat ng kalagayan, taga-Filipos 4:6
g. Sa lahat ng mga tao, lalo na sa mga pinuno, I Timoteo 2:1-2
4. Ibang mga aspeto ng pagpapasalamat
a. Ito ay kalooban ng Diyos sa lahat ng mga mananampalataya, I taga-Tesalonica 5:18
b. Ito ay isang katunayan ng buhay na puspos ng Espiritu, taga-Efeso 5:20
c. ang kapabayaan nito ay kasalaan
(1) Lucas 17:16-17
(2) taga-Roma 1:21
d. Ito ay isang lunas sa kasalanan, taga-Efeso 5:4

E. Pagpapasalamant ni Pablo
a. sa kanyang mga pagpapala sa iglesiya
(1) sa pagpapahayag ng ebanghelyo
(a) taga-Roma 1:8
(b) taga-Colosas 1:3-4
(c) taga-Efeso 1:15-16
(d) I taga-Tesalonica 1:2

(2) sa biyayang ipinagkaloob
(a) I taga-Corinto 1:4
(b) II taga-Corinto 1:11; 4:15
(3) sa pagtanggap ng ebanghelyo, I taga-Tesalonica 2:13
(4) sa pagsasama sa ikalalaganap ng ebanghelyo, taga-Filipos 1:3-5
(5) sa paglago ng biyaya, II taga-Tesalonica 1:3
(6) sa kaalaman ng pagpili (eleksyon), II taga-Tesalonica 2:13
(7) sa mga pagpapalang espiritwal, taga-Colosas 1:12; 3:15
(8) sa pagkabukas-kamay sa pagkakaloob, II taga-Corinto 9:11-12
(9) sa kaligayahan sa bagong mga mananampalataya, I taga-Tesalonica 3:9
b. sa kanyang personal na pagpapasalamat
(1) sa pagiging isang mananampalataya, taga-Colosas 1:12
(2) sa pagkakalaya mula sa tanikala ng kasalanan, taga-Roma 7:25; II taga-Corinto 2:14
(3) sa sakripisyong pagpapagal ng ibang mga mananampalataya, taga-Roma 16:4; II taga-Corinto 8:16
(4) sa ilang mga pagkilos na hindi nangyayari, I taga-Corinto 1:14
(5) sa personal na espiritwal na kaloob, I taga-Corinto 14:18
(6) sa espiritwal na paglago ng mga kaibigan, Filemon 4-5
(7) sa pisikal na kalakasan para sa gawain (ministeryo), I Timoteo 1:12

III. Pagwawakas
A. Ang pasasalamat ay ang ating sentrong pagtugon sa Diyos nang tayo ay naligtas. Ipinapahayag ito hindi lamang sa pasalitang pagsang-ayon, ngunit sa pamumuhay na pagpapasalamat.
B. Ang pagpapasalamat sa lahat ng bagay ay layunin ng isang malagong buhay sa pagkalinga ng Diyos ( cf. I taga-Tesalonica 5:13-18).
C. Ang pagpapasalamat ay isang paulit-ulit na paksa ng kapwa Luma at Bagong Tipan. Ito ba ay isa sa iyong paksa?

▣ **"dahil sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo sa pamamagitan ni Kristo Hesus"** Binibigyang-diin ni Pablo na ang kanilang katayuan at mga kaloob ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos batay sa natapos na gawain ni Hesukristo at hindi sa pamamagitan ng personal na kagalingan (i.e., AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI, cf. taga-Efeso 2:8-9). Ito ay ang kinakailangang pagtuon upang pigilan ang kanilang espiritwal na pagmamataas sa

1. kanilang mga pinunong may kaloob
2. kanilang pansariling espiritwal na mga kaloob
3. kanilang pagkarunungang kaligiran (i.e., Griyegong kultura)
4. kanilang panlipunang katayuan (i.e., Romanong kultura)

**1:5 "na kayo ay pinayaman sa kanya, sa lahat ng mga bagay"** Ang AORIST BALINTIYAK NA NAGPAPAHIWATIG na ito ay tumutugma sa teolohikong pagbibigay-diin ng v. 4 (i.e., biyaya ng Diyos na pinagkaloob kay Kristo). Sa lahat ng BALINTIYAK NA MGA PANDIWA sa vv. 4-9 ang ipinapahiwatig na kinatawan ay Diyos. Ang Trinidad na Diyos ang nagkaloob sa mga mananampalataya ng lahat ng bagay na kanilang kailangang (i.e., lahat ng espiritwal na mga kaloob, cf. v. 7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 2:10.

Pansinin paggamit ni Pablo sa talatang ito ng tatlong *pas* (i.e., "lahat" o "bawat bagay"). Ang Diyos ay isang lubos na tagatustos. Hindi niya kailangan ang kasanayan, katalinuhan, o panlipunang kalalagayan mga taong nilalang.

▣
**NASB** **"sa lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman"**
**NKJV** **"sa lahat pagbigkas at lahat kaalaman"**
**NRSV** **"sa pananalita at kaalaman sa bawat uri"**
**TEV** **"sa lahat bagay kasama ang lahat speech at lahat kaalaman"**
**NJB** **"sa bawat urin ng pagbigkas at kaalaman"**

Ang saling Phillips ay may "mula sa iyong labi at kaunawaan sa iyong mga puso." Ito ay dalawang aspeto ng Griyegong-kinamihasaang (i.e., later Gnostic) espiritwal na pagmamataas na lumalago sa iglesiya sa Corinto (cf. 13:1-3). Kanilang linuluwalhati ang kanilang mga kaloob at pagsusumikap sa halip na si Kristo. Ito ay Diyos na nagkakaloob sa kanila ng kanilang naturang mga kaloob. Walang puwang para sa pantaong kayabangan (cf. taga-Efeso 2:9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas/ Pagmamayabang sa 5:6.

Ang kaalaman na pinapahiwatig ni Pablo ay hindi pang-teoriyang kaalaman, o pang-akademikong kaalaman, ngunit Kristiyanong katotohanan at kung paano ito isasabuhay (cf. vv. 8-10; taga-Roma 14:1-15:13). Ang pantaong kaalaman ay nagpapalago, ngunit ang kaalaman ng Diyos ay nagpapalakas at naghahatid sa kapayapaan at pagkakaisa sa Kristiyanong pakikipag-ugnayan. O paanong kailangan natin ngayon ang kaloob ng Diyos ng kaalamang sa iglesiya!

**1:6 "gaya ng patoto patungkol kay Kristo"** Ang Apostolikong pangangaral ng ebanghelyo, na pinapalakas ng Espiritu,

pinagyayaman ang mga mananampalataya sa espiritwal na kaloob. Tulad ng lahat ng pagpapala at mga kaloob ng Diyos, ang mga ito ay dumadaloy sa pamamagitan ni Kristo sa nangangailangan, tumutugong mga puso ng tao.

▣

**NASB, NKJV "ay pinagtibay sa inyo"**
**NRSV "ay pinalakas sa gitna ninyo"**
**TEV "ay naging matatag na nananatili sa inyo"**
**NJB "na nagkaroon ng ugat sa inyo"**

Ito ay ang Griyegong terminong *bebaios*, na may tatlong kahulugan.

1. na ito ay tapat, tiyak, o may kakayahang pagkatiwalaan (cf. taga-Roma 4:16; II taga-Corinto 1:7; Hebreo 2:20; 3:6,14; 6:19; II Pedro 1:10,19).
2. ang proseso kung saan naipapakita o naitatatag ang katapatan ng anuman (cf. taga-Roma 15:8; Hebreo 2:2, cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, Tomo 1, pp. 340,377,670).
3. sa unang siglong Koine papyri na matatagpuan sa Ehipto ito ay naging isang teknikal na termino para sa isang legal garantiya (panagot) (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, pp. 107-8).

Dito ito ay tumutukoy sa kapangyarihan ng Diyos na ipinakilala sa kanila (i.e., espiritwal na mga kaloob). Ito ay maaaring tumukoy sa iba pang pagpapahayag ng Espiritu, dahil ito ay isa pang AORIST NA BALINTIYAK NA NAGPAPAHIWATIG na kaagapay sa v. 5 (at gayundin ang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI sa v. 4), ito ay maaaring tumukoy sa pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa kanilang pagbabalik-loob.

**1:7**
**NASB, NJB "upang kayo'y hindi nagkulang sa anomang kaloob"**
**NKJV "upang kayo ay di magkulang sa walang kaloob"**
**NRSV "upang kayo ay hindi magkulang ng anumang espiritwal na kaloob"**
**TEV "na kayo ay hindi nabigong tumanggap ng isang tanging pagpapala"**

Ang terminong "kaloob" ay *charisma*. Ito salita ay kaugnay sa terminong "biyaya," *charis*, na nabibigay-diin na ang espiritwal na mga kaloob ay ipinagkaloob ng Diyos para sa pangkalahatang kabutihan (cf. 12:7,11). Sila ay nagnanais na luwalhatiin si Kristo, hindi ang Espiritu o ang indibidwal na Kristiyano (cf. mga kabanata 12-14). Ang lahat ng mga kaloob na kailangan ay nandoon sa iglesiya sa Corinto gaya nang sa bawat iglesiya (cf. v. 5). Ang Diyos ay masaganang ipinagkakaloob (i.e., malakas na DALAWAHANG SALUNGAT na nakaugnay sa "kulang") para sa Kanyang bayan sa panahon sa pagitan ng dalawang pagdating ni Kristo sa pamamagitan ng ministeryo ng Banal na Espiritu.

▣ **"naghihintay nang masugid"** Ang Griyegong terminong ito ay maaaring mangahulugang

1. matiyagang paghihintay para sa isang inaasahang panghinaharap na kaganapan (cf. Hebreo 10:13; I Pedro 3:20)
2. masugid na inaasahan ang isang panghinaharap na kaganapan (cf. taga-Roma 8:19,23,25; taga-Filipos 3:20; Hebreo 9:28)

Ang NKJV, NASB, at NIV na mga salin ay sinusunod ang #2, habang ang NRSV, TEV, at NJB na mga salin ay sinusunod ang #1.

▣ **"ang kapahayagan ng ating Panginoong Hesukristo"** Ito ay ang Griyegong terminong *apocalupsis*. Ito ay madalas na isaling "pahayag." Ang termino ay talagang nangangahulugang pag-aalis ng isang tabing upang maihayag nito ang isang bagay. Ito ay ang titulo ng huling aklat ng NT. Dito, ito ay tumutukoy sa pagbabalik ni Kristo (cf. v. 8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino sa NT para sa Pagbabalik ni Kristo sa 15:23.

**1:8**
**NASB, NKJV "Na siya namang magpapatibay sa inyo hanggang sa katapusan"**
**NRSV "Siya rin na magpapatibay sa inyo hangang wakas"**
**TEV "Siya ay magpapanatining sa inyo na matatag hanggang huli"**
**NJB "magpapatuloy siyang magkaloob sa inyo ng lakas hangang sa katapusan"**

Saanman sa vv. 4-9 ang aktibong kinatawan ng BALINTIYAK NA MGA PANDIWA ay ang Diyos. Gayunman, ang v. 8 ay may kalabuan. Ang ilang mga tagapagsuri ay inaakalang yan ay para sa unang pagkakataon ng bahaging ito na tumutukoy kay Kristo na "na siyang." Ito ay tila sa konteksto ay mas mainam na ipagpalagay na ang Diyos Ama pa rin ang aktibong kinatawan na nagpapanatili sa mga mananampalataya at nagtatatag ng kanilang pagiging katanggap-tanggap.

Ang terminong "nagpapatibay" ay ginamit sa v. 6. Ang iglesiyang ito ay nangangailang maging matibay, hindi pabago-bago at di natitinang. Ito ang isa sa pangunahing mga layunin ng mga sulat ni Pablo sa kanila. Ang ebanghelyo ni Kristo ay pinagtibay (i.e., v. 6) at sila ay pagtitibayin sa tulong ng Diyos (i.e., v. 8). Sa II taga-Corinto 2:8 nais ni Pablo na ang kanilang pag-ibig sa kanya ay maging matibay.

Ang Bibliya ay may dalawang tila kabalintuanang katotohanan tungkol sa pakiki-ugnayan ng mananampalataya sa Diyos.

1. Ito ay pangkasunduan sa katangian; samakatuwid, ito kinapapalooban ng isang panimulaat isang nagpapatuloy na pananampalataya at pagsisising pagtugon. Kailangang nating maging masigasig sa pagpapanatili ng ating pakikipag-ugnayan.

2. Ito ay may katiyakan sa katapatan ng Diyos (cf. Judas 24). Walang sinuman ang pakakaagaw ng ating pakikipag-ugnayan (cf. Juan 6:37,39; 10:28; taga-Roma 8:38-39). Ang katiyakan at kasigasigan ay kapwa biblikal (cf. taga-Efeso 2:8-9,10 at taga-Filipos 2:12-13). Sila ang dalawang kinakailangang aspeto ng "kasunduan."

▣ **"walang kapintasan"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: WALANG KASALANAN, INOSENTE, WALANG SALA, WALANG KASIRAAN

A. Mga Panimulang Pahayag
   1. Sa teolohiya, ang konseptong ito ay naglalarawan ng orihinal na kalalagayan ng sangkatauhan. ((i.e., Genesis 1, ang Hardin ng Eden).
   2. Ang kasalanan at paghihimagsik ay winasak ang kalalagayang ito ng ganap na pakikipag-ugnayan (i.e., Genesis 3).
   3. Ang sangkatauhan (lalaki at babae ay nag-aasam ng pagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan sa Diyos dahil sila ay nilalang sa Kanyang larawan at wangis (i.e., Genesis 1:26-27).
   4. Ang Diyos ay nakitungo sa sangkauha nang maraming paraan
      a. Maka-Diyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moises, Isaias)
      b. Sistema ng paghahandog (i.e., Levitico 1-7)
      c. Maka-Diyos na mga halimbawa (i.e., Noah, Job)
   5. Sa katapusan, ang Diyos ay nagkaloob ng Mesias
      a. Bilang isang lubos na kapahayagan ng Kanyang sarili
      b. Binag isang ganap na paghahandog para sa kasalanan
   6. Ang mga Kristiyano ay ginawang walang kasalanan
      a. Sa kautusan, sa pamamagitan ng itinuring na katuwiran ni Kristo
      b. Nagpapatuloy, sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu
      c. Ang layunin ng Kristiyanismo ay ang pagiging katulad ni Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; taga-Efeso 1:4), na sa katotohanan, ay nag pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos na nawala sa pagkahulog nina Adan at Eba
   7. Ang langit ay isang pagpapanumbalik ng ganap na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden. Ang langit ay ang Bagon Herusalem na bababa mula sa presensya ng Diyos (cf. Pahayag 21:2) patungo sa isang malinis na mundo (cf. II Pedro 3:10). Ang Bibliya ay nagsimula at magtatapos sa magkatulad ng tema (paksa).
      a. Napakalapit, pansariling pakikipag-ugnayan sa Diyos
      b. Sa isang pang-harding tagpuan (Genesis 1-2 at Pahayag 21-22)
      c. Sa pamamagitan ng kapahayagan ng propesiya, ang presensya at pagsasama ng mga hayop

B. Lumang Tipan
   1. Mayroong napakaraming iba't-ibang Hebreong salita na magdadala ng konsepto ng kalubusan, kawalang kapintasan, kawalang-sala; na ito may maging mahirap na pangalanan at ipakita ang masikot na mga kaugnayan.
   2. Ang pangunahing terminong ito na nagdadala ng konsepto ng kalubusan, kawala ng kasalanan, o kawalang-sala (ayon kay Robert B. Girdlestone, Synonyms of the Lumang Tipan, pp. 94-99) ay:
      a. *Shalom*
      b. *Thamam*
      c. *Calah*
   3. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng unang iglesiya) ay isinalin ang maraming mga konseptong ito sa terminong ginamit nito sa Koine Griyegong sa NT.
   4. Ang susing konsepto ay maiuugnay sa sistemang paghahandog
      a. *amōmos* (cf. Exodo 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; Bilang 6:14; Mga Awit 26:1,11)
      b. *amiantos* at *aspilus* ay mayroon pang-kultong pagpapakahulugan

C. Bagong Tipan
   1. ang legal na konsepto
      a. Hebreong legal na pang-kultong kahulugan ay isinasalin sa amōmos (cf. taga-Efeso 5:27; taga-Filipos 2:15; I Pedro 1:19)
      b. Griyegong legal na kahulugan (cf. I taga-Corinto 1:8; taga-Colosas 1:22)
   2. Kristo ay ang Isang walang kasalanan, walang kapitasan, walang-sala (*amōmos*) (cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19)
   3. Ang mga taga-sunod ni Kristo ay kailangang tularan Siya (*amōmos*) (cf. taga-Efeso 1:4; 5:27; taga-Filipos 2:15; taga-Colosas 1:22; II Pedro 3:14; Judas 24; Pahayag 14:5)
   4. Ito konsepto ay na ginagamit din sa mga pinuno ng iglesiya
      a. *anegklētos*, "walang maipaparatang" (cf. I Timoteo 3:10; Tito 1:6-7)
      b. *anepileptos*, "angat sa mga puna" o "hindi matatanganan sa kasiraan" (cf. I Timoteo 3:2; 5:7; 6:14; Tito 2:8)
   5. Ang konsepto ng "walang dungis" (*amiantos*) ay ginamit
      a. Kay Kristo mismo (cf. Hebreo 7:26)

b. Sa mga minana ng Kristiyano (cf. I Pedro 1:4)
6. Ang konsepto ng "pagiging-buo" o "katumpakan" (*holoklēria*) (cf. Mga Gawa 3:16; I taga-Thesalonica 5:23; Santiago 1:4)
7. Ang konsepto ng "walang kapintasan," walang kasalanan ay ipinababatid sa pamamagitan ng *amemptos* (cf. Lucas 1:6; taga-Filipos 2:15; 3:6; I taga-Thesalonica 2:10; 3:13; 5:23)
8. Ang konsepto ng "hindi sa ilalalim ng pagpaparatang" ay ipinababatid sa pamamagitan ng *amōmētos* (cf. I Pedro 3:14)
9. Ang konsepto ng "walang dungis," "walang-sala" ay kadalasang ginagamit din ng mga talata na mayroon nito sa mga termino sa itaas (cf. I Timoteo 6:14; Santiago 1:27; I Pedro 1:19; II Pedro 3:14)

D. Ang bilang ng mga salita sa Hebreo at Griyego na nagpapabatid ang konseptong ito ay nagpapakita ng kanyang kahalagahan. Ang Diyos ay nagtustos sa ating pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin na maging katulad Niya.

Ang mga mananampalataya sa kalalagayan, ayon sa kaulusan, ay ipinapahayag na declared "makatuwiran," "matuwid," "walang kasalanan" sa pamamagitan ng ang gawa ni Kristo. Ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang angkinin ang kanilang kalalagayan. "Lumakad sa liwanag gaya nang Siya ay nasa liwanag" (cf. I Juan 1:7). "Lumakad nang karapat-dapat sa panawagan" (cf. taga-Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ipinanumbalik ni Hesus ang larawan ng Diyos. Ang napakalapit na pakikipag-ugnayan ay ngayon ay maaari na, ngunit tandaang ang Diyos ay nanganganilangan ng isang isang bayan na maglalarawan ng Kaniyang katangian, tulad ng ginawa ng Kanyang anak. Tayo ay tinatawag, hindi bababa sa kabanalan (cf. Mateo 5:20,48; taga-Efeso 1:4; I Pedro 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang pangkautusan, ngunit pang-pamumuhay!

▣ **"sa panahon ng ating Panginoon Hesukristo"** Ang mga may-akda ng NT ay kinuha ang OT "Araw ni YHWH" at ginamit ito sa Pangalawang pagdating ni Hesus. Si Hesukristo ay kasama ni YHWH paglalang, pagtubos, at paghatol.

**1:9 "Diyos ay matapat"** Ang terminong "pananampalataya" sa OT ay isang matalinghagang pagpapahaba ng isang matatag o matibay na tindig. Ito ay dumating upang matalinghaga nitong ipakilala alinman na tiyak, mapagkakatiwalaan, maaasahan, at matapat. Wala sa mga ito ang naglalarawan kahit na ang tinubos na nalugmok na sangkatauhan. Ito ay hindi pantaong katapatan, o pagkamatapat o pagiging maaasahan, ngunit ng Diyos (cf. Deuteronomio 7:9; Mga Awit 36:5; 40:10; 89:1,2,5,8; 92:2; 119:90; Isaias 49:7; taga-Roma 3:3; I taga-Corinto 10:13; II taga-Corinto 1:18; I taga-Tesalonica 5:24; II Timoteo 2:13). Tayo nagtitiwala sa Kanyang mapagkakatiwalaan mga pangako, hindi sa ating pagkamatapat! Ang pagsunod sa kasunduan ay dumadalow mula sa pasasalamat! Ang biblikal na pagtuon ay palaging nasa Kanyang pagkamatapat, hindi ang pananampalataya ng mga mananampalataya! Hindi makakapagligtas ang pananampalataya sa kaninuman. Biyaya lamang ang nakakapagligtas, ngunit ito ay tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. taga-Efeso 2:8-9). Ang pagtuon ay hindi kailanman sa laki ng pananampalataya (cf. Mateo 17:20), ngunit sa layon nito (Hesus). Ang ating pag-asa ay sa di-nagbabagong katangian ng Diyos na siyang tumatawag at nagangako (cf. Malakias 3:6; II taga-Corinto 1:20).

Ang pananampalataya ay tinatanggap ang walang-bayad na kaloob ng Diyos kay Kristo (cf. taga-Roma 3:22,25; 4:5; 6:23; 9:30; taga-Galacia 2:16; I Pedro 1:5). Ang sangkatauhan ay kailangang tumugon (i.e., sa panimula at nagpapatuloy) sa handog ng biyaya at kapatawarang Diyos kay Kristo (cf. Juan 1:12; 3:16-17,36; 6:40; 11:25-26; taga-Roma 10:9-13).

Ang Diyos ay nakikiting sa nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng kaparaanan ng kasunduan. Siya ang palaging nagpapauna (cf. Juan 6:44, 65) at nagtatakda ng adyenda at ng mga hangganan (cf. Marcos 1:51; Mga Gawa 20:21). Pinahihintulutan Niya ang nalugmok na sangkatauhan na makilahok sa kanilang sariling kaligtasan sa pamamagitan ng pagtugon sa Kanyang kasunduang handog. Ang inatas na pagtugon ay panimula at nagpapatuloy na pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagpapatuloy (pagtitiyaga).

Si Michael Magill, *New Testament TransLine*, p. 577, #24, ay may isang magandang puna: "Pansinin ang pangnakalipas na panahunan sa v. 5-6, pangkasalukuyang panahunan sa v. 7, panghinaharap na panahunan sa v. 8. Ang Diyos ay matapat sa lahat ng tatlong panahunan."

## NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, PANANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)

I. Paunang Pahayag

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikong pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

A. ang pangsarili at panlipunan
B. ang personal pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay kapwa personal pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

A. Abraham at ang lipi
B. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Salitang-ugat na ginamit
- A. אמן (BDB 52)
  1. PANDIWA
     - a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-teolohikong pagkakagamit)
     - b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala
       - (1) Sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40;14
       - (2) Sa mga bagay, Isaias 22:23
       - (3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9,12; Isaias 49:7; Jeremias 42:5
     - c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala
       - (1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6
       - (2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)
       - (3) ang mga Israelita ay naniwala kay YHWH na nagsalita sa pamamagitan ni Moses, Exodo 19:9; Mga Awit 106:12,24
       - (4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isaias 7:9
       - (5) kung sinoman ang maniwala sa bagay/kanya, Isaias 28:16
       - (6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos, Isaias 43:10-12
  2. PANGNGALAN (PANLALAKI) – katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)
  3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikong gamit ng "amen" sa mga OT at NT.
- B. א מח (BDB 54) PAMBABAE PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan
  1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1
  2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8
  3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Mga Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:4; Zacarias 8:16
- C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katumpakan
  1. ng mga kamay, Exodo 17:12
  2. sa mga panahon, Isaias 33:6
  3. sa sangkatauhan, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2
  4. ng Diyos, Mga Awit 40:11; 88:12; 89:2,3,6,9; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT
- A. Si Paul ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).
- B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumamit ng salitang-ugat na אמן.
  1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22). Binanggit ni Pablo ito sa taga-Roma 4 at taga-Galacia 3.
  2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman
     - a. taga-Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"
     - b. taga-Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas
  3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa taga-Roma 1:17 at taga-Galacia 3:11 (tingnan din sa Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT
- A. Pinagsama ni Pedro
  1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)
  2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)
  3. Mga Awit 111:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)
- B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos" mula sa

1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21
2. Isaias 61:6; 66:21
3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Mga Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL

1. *eis* na nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; taga-Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; taga-Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* na nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Mga Gawa 5:14
3. *epi* na nangangahulugang "sa" o "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; taga-Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa taga-Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti,* na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
   e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
   f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
   g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
   h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
   i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
   j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (taga-Roma 6:8)
   k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I taga-Tesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang sangkatauhan ay tumugon.

A. pagtitiwala

B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya ay

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay "pagiging malapit." Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng "pampamilyang" katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng "bagong puso" at "bagong espiritu," kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang

tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulan ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. taga-Efeso 2:8-9 at 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

▣ **"na sa pamamagitan niya ay tinawag kayo"** Ito ay ang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa pagpili ng Diyos sa mga mananampalataya sa Corinto (cf. 1:2,9,24,26; Mga Gawa 18:9).

▣ **"sa pakikisama ng Kanyang Anak"** Ito ay ang Griyegong terminong *koinonia* na nangangahulugang magkasamang pakikilahok. Tinawag tayo ng Diyos upang maging kaisa ng Kanyang Anak kapwa sa kalalagayan (Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal sa 1:2) at kauganayan. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging wangis ni Kristo (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 2:10).

Ang pamumuhan ng mga mananampalataya pagkatapos na kanilang masumpungan si Kristo ay katibayan ng kanilang kaligtasan (cf. ang NT na aklat ng Santiago at I Juan). Sila ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pananampalataya para sa mabubuting gawa (cf. taga-Efeso 2:8-9,10)! Sila ay naligtas upang maglingkod (cf. taga-Roma 6:11)! Ang pananampalataya na walang gawa ay patay, gaya ng mga gawang walang pananampalataya (cf. Mateo 7:21-23 at Santiago 2:14-26). Ang layunin ng pagpili ng Ama ay upang ang mga mananampalataya maging "banal at walang dungis" (cf. taga-Efeso 1:4; Mateo 5:48).

Si Pablo ay madalas na tinutuligsa dahil sa kanyang radikal na walang-bayad na ebanghelyo dahil ito ay tila nanghihimok ng di-maka-Diyos na pamumuhay. Ang isang ebanghelyo na lubhang tila walang kaugnayan sa pang-moral na gampanin ay maaaring magdulot sa pagmamalabis. Ang ebanghelyo ni Pablo ay walang-bayad sa biyaya ng Diyos at ang natapos na gawain ni Kristo at ang pag-uudyok ng Banal na Espiritu, ngunit kinakailangan nito ang isang nararapat na pagtugon, hindi lamang sa panimulang pagsisisi, ngunit sa nagpapatuloy na pagsisisi. Maka-Diyos na pamumuhay ang kinalalabasan, hindi kawalan ng pag-iral ng kautusan. Ang mabubuting gawa ay hindi ang paraan ng kaligtasan, ngunit ang bunga. Ang kabalintunaang ito na isang lubusang walang-bayad na kaligtasan at isang napakahalagang pagtugon ay napakahirap ipagbigay-alam, ngunit ang dalawa ay kailangang maganap sa isang puno ng pag-iigting, kabalintunaan, dialektikong pagtitimbang. Wala sinumang ang dapat maghiwalay ng pagpapawalang-sala (pag-aaring-ganap) at pagpapaging-banal.

## NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA*

Ang salitang "pagkikipag-ugnayan" (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. Malapit na kaugnayan sa isang persona
   a. sa Anak (cf. I Juan 1:6; I taga-Corinto 1:9)
   b. sa Espiritu (cf. II taga-Corinto 13:13; taga-Filipos 2:1)
   c. sa Ama at sa Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. sa ibang mga kapatid sa kasunduan (cf. I Juan 1:7; Gawa 2:42; taga-Galacia 2:9; Filemon 17)
2. Malapit na kaugnaya sa mga bagay o mga pangkat
   a. sa ebanghelyo (cf. taga-Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I taga-Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II taga-Corinto 6:14)
   d. sa paghihirap (cf. taga-Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. kaloob o pagbabahaging ginawa sa isang mapagkaloob na pamamaraan (cf. taga-Roma 12:13; 15:26; II taga-Corinto 8:4; 9:13; taga-Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. biyaya na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, na naipanumbalik ang pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid

Binibigyang-diin nito ang pahalang na pakikipag-ugnayan (tao sa tao) na idinala sa atin ng patayong pakikipag-ugnayan (tao sa Lumikha). Ito rin ay nagbibigay-diin sa pangangailangan at kaligayahan ng Kristiyanong komunidad. Ang mga panahunan ng pandiwa ay nagbibigay-diin ang simula at pagpapatuloy ng karanasang ito sa komunidad (cf. 1:3 [dalawang beses],6,7). Ang Kristiyanismo ay pangkalahatan!

▣ **"Kanyang Anak"** Si Hesus bilang Anak ng Diyos ay isang paulit-ulit na paksa sa mga sulat ni Pablo (cf. taga-Roma 1:3,4,9; 5:10; 8:3,29,32; I taga-Corinto 1:9; II taga-Corinto 1:19; taga-Galacia 1:16; 2:20; 4:4,6; taga-Efeso 4:13; taga-Colosas 1:13; I taga-Tesalonica 1:10). Siya ay hindi lamang "anak" sa isang panahon, ngunit "Anak" sa walang-hanggan (cf. Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Wala kailanman na isang pagkakataon na si Hesus ay hindi ang Anak. Ang pagdakila kay Hesus sa pamamagitan ng muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit ay tila nagpapanumbalik at nagpapakilala ng Kanyang kaluwalhatian bago pa man ang paglalang at pagkakatawang-tao.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang “ang Anak” o “Aking Anak” at ipinakikilala ang Diyos bilang “Ama.” Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (designasyon) ni Hesus bilang “Anak ng Tao” ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang “anak” ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. Ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang “anak ni David” at “anak ng Diyos” ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang “anak ng Diyos” ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa “pinahirang mga katungkulan” ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Hesus and the Gospels,* p. 770). Gayundin, ang “Anak ng Diyos” ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:1-18)
2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng “abba” para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) taga-Roma 8:15
      3) taga-Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang paulit-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong “Anak ng Diyos” ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng “mga diyos” na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na “mga titan” o “mga higante.”

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:10-17

**10Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Hesukristo,
na kayong lahat ay sumang-ayon, at huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo'y
mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa lamang paghatol. 11Sapagka't ipinatalastas sa akin tungkol sa inyo, mga
kapatid ko, ng *mga kasangbahay* ni Cloe, na sa inyo'y may mga pagtatalotalo. 12Ibig ko ngang sabihin ito, na ang bawa't
isa sa inyo ay nagsasabi, Ako'y kay Pablo; at ako'y kay Apolos; at ako'y kay Cefas; at ako'y kay Kristo. 13Nabahagi
baga si Kristo? ipinako baga sa krus si Pablo dahil sa inyo? o binautismuhan baga kayo sa pangalan ni Pablo?
14Nagpapasalamat ako sa Diyos na hindi ko binautismuhan ang sinoman sa inyo, maliban si Crispo at si Gayo; 15Baka
masabi ninoman na kayo'y binautismuhan sa pangalan ko. 16At binautismuhan ko rin naman ang sangbahayan ni
Estefanas: maliban sa mga ito, di ko maalaman kung may nabautismuhan akong iba pa. 17Sapagka't hindi ako sinugo ni
Kristo upang magbautismo, kundi upang mangaral ng ebanghelyo: hindi sa karunungan ng mga salita upang ang krus
ni Kristo ay di mawalan ng kabuluhan.**

**1:10 “Ngayon”** Ito ay isang KASALUNGAT. Si Pablo ay nagsimula sa pangunahing bahagi ng sulat.

▣ **"ipinamamanhik ko sa inyo"** Ang pariralang ito ay kapwa mabait at matibay. Ito ay isang panawagan sa nararapat na pamumuhay gayundin bilang isang makapangyarihang hamon. Si Pablo madalas na gumamit ng terminong ito (cf. I taga-Corinto 1:10; 4:16; 16:15; II taga-Corinto 2:8; 5:20; 6:1; 10:1; 12:1,8; 15:30; taga-Efeso 4:1; taga-Filipos 4:2; I taga-Tesalonica 4:10; I Timoteo 1:3; Filemon vv. 9-10). Tingnan ang buong tala sa II taga-Corinto 1:4-11.

## NATATANGING PAKSA: KAALIWAN

Ang sumusunod ay hinango mula sa aking komentaryo sa II taga-Corinto 1:4-11.
"**'maaliw'** Ang terminong ito, *paraklēsis*, sa iba nitong mga anyo, ay ginamit ng sampung beses sa vv. 3-11. Ito ay ang susing termino sa buong talata at gayundin sa mga kabanata 1-9, kung saan ito ay ginamit dalawampu't-limang beses. Ang salita ay nangangahulugang "tawagin ang kaagapay (o katabi)." Ito ay madalas na ginamit sa isang paghukumang kaunawaan sa isang manananggol na gumaganap ng legal na pagtulong, pag-aliw at paggabay.

Sa kontekstong ito, ito ay ginamit sa isang kaunawaang ng pagpapasigla at pag-aliw. Isang kaugnay na terminong, *parakētos*, ay ginamit sa Banal na Espiritu sa Juan 14:16,26; 15:26; 16:7; at kay Hesus sa I Juan 2:1. Sa kontekstong ito, ito ay ginamit sa Ama.

Ang PANDIWANG anyo ng *parakaleō* ay ginamit sa maraming kaunawaan.

A. ang Septuagint
   1. pagpayo, Deuteronomio 3:28
   2. pag-aliw, Genesis 24:67; 37:35; Mga Awit 119:50 (sa isang pag-Mesias na kaunawaan sa Isaias 40:1; 49:13; 51:3; 61:2)
   3. pagkahabag, Deuteronomio 32:36; Hukom 2:18; Mga Awit 135:14
   4. pagbibigay kasiyahan, Isaias 35:4
   5. pagtawag, Exodo 15:13
B. Ang mga sulat ni Pablo sa Corinto
   1. pamamanhik, I taga-Corinto 1:10; 4:16; 14:30-31; 16:15-16; II taga-Corinto 2:8; 5:20; 6:1; 8:4,6; 10:1
   2. pag-aliw, pagbibigay-saya, II taga-Corinto 1:4,6; 2:7; 7:6,7,13; 13:11
   3. pagkahabag, pagbibigay-kagalakan, I taga-Corinto 4:13
   4. pagsamo, makiusap, humiling, I taga-Corinto 16:12; II taga-Corinto 9:5; 12:18"

▣ **"mga kapatid"** Madalas na ginagamit ni Pablo ang terminong "mga kapatid" o "kapatid." Kahit na tinatagubilinan ni Pablo ang pagtitipong ito na may malalakas na salita, sila pa rin ay mga kapatid na lalaki at babae kay Kristo.

Madalas gamitin ni Pablo madalas ang terminong ito upang upang ihudyat ang isang bagong paksa, ngunit sa aklat na ito, kanya ring ginamit ito upang ihudyat ang pagiging-isa ng iglesiyang ito kapwa kay Pablo at ibang mga iglesiya.

▣ **"sa pamamagitan ngng pangalan ng ating Panginoong Hesukristo"** Sa buhay ng mga Hudyo ang pangalan ay nagpapakilala ng katangian at awtoridad. Dito ang salin sa Phillips ay nakuha ang diwa, "sa pamamagitan ng lahat ng kahuugan ng Panginoon Hesukristo para sa atin."

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGALAN NG PANGINOON

Ito ay isang karaniwang parirala sa NT para sa personal na pagharap at masigasig na kapangyariha ng Trinidad na Diyos sa iglesiya. Ito ay hindi salamangka, ngunit isang pamamanhik sa katangian ng Diyos.

Kadalasang ang pariralang ito ay tumutukoy kay Hesus bilang Panginoon (cf. taga-Filipos 2:11)

1. Sa pagpapahayag pananampalataya ng isang tao kay Hesus sa bautismo (cf. taga-Roma 10:9-13; Mga Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5; 22:16; I taga-Corinto 1:13,15; Santiago 2:7)
2. sa isang pagpapaalis ng demonyo (cf. Mateo 7:22; Marcos 9:38; Lucas 9:49; 10:17; Mga Gawa 19:13)
3. sa isang pagpapagaling (cf. Mga Gawa 3:6,16; 4:10; 9:34; Santiago 5:14)
4. sa isang pagkilos sa ministeryo (cf. Mateo 10:42; 18:5; Lucas 9:48)
5. sa panahon ng pagdidisiplina ng iglesiya (cf. Mateo 18:15-20)
6. habang nangangaral sa mga Hentil (cf. Lucas 24:47; Mga Gawa 9:15; 15:17; taga-Roma 1:5)
7. sa panalangin (cf. Juan 14:13-14; 15:2,16; 16:23; I taga-Corinto 1:2)
8. isang paraan na tumutukoy sa Kristiyanismo (cf. Mga Gawa 26:9; I taga-Corinto 1:10; II Timoteo 2:19; Santiago 2:7; I Pedro 4:14) Anuman ang ating gagawin bilang mga tagapahayag, mga lingkod, mga tumutulong, mga manggagamot, mga nagpapaalis ng demonyo, atbp., ginagawa natin sa Kanyang katangian, Kanyang kapangyarian, Kanyang mga pagtutustos—sa Kanyang Pangalan!

▣ **"na kayong lahat ay sumang-ayon"** Mayroong dalawang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PASAKALI sa layunin

sugnay ni Pablo (i.e., *hina*).

1. na sila ay hindi nagpatuloy sa mga pagtatalo (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI)
2. na sila ay maaaring (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI) magkakasamang nakabigkis (i.e., GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na ginagawa ito na isang PAIKOT-IKOT NA SALITA).

Ang MGA PASAKALI na ito ay nagdadagdag ng isang tanda ng maaaring mangyari. Mayroong mga pagkahati-hati at ang mga pangkat na ito ay hindi nakabigkis na magkakasama. Ang mga kinakailangang saloobin at mga pagkitos upang mapanatili ang pagkakaisa ay nakatala sa taga-Efeso 4:2-3.

Ang nais ni Pablo para sa iglesiyang ito ay nagpapakilala ng panalangin ni Hesus sa 17:11,21-23, "na sila ay maging isa, na gaya natin." Ito rin ang layunin ng taga-Efeso 4:1-6. Pagkakaisa (hindi pagkakatulad) ay napakahalaga para sa isang malusog, lumalago, na Dakilang Komisyong iglesiya (cf. taga-Filipos 1:27). Ang kawalang ng pagkakaisa ay nagdudulot ng mga bulag na pag-iisip (cf. II taga-Corinto 3:14; 4:4; 11:3).

▣ **"huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi"** Ang terminong ito (i.e., *schismata*) ay ginamit sa Koine Griyego para sa mga maliliit na grupo ng mga partidong politikal (cf. Mga Gawa 14:4; 23:7). Nakuha nating ang Ingles na salitang, "schism," mula sa Griyegong terminong ito. Ito ay isa sa mga pangunahing suliranin ng iglesiyang ito (cf. 11:18-19; 12:25). Ang mga pagkakahati-hati sa batay sa

1. pansariling pagkatig ng mga mananampalataya para sa tiyak mga kasanayan sa pamumuno (i.e., retorika)
2. pagmamataas at panibugho ng mga mananampalataya sa mga espiritwal na mga kaloob
3. pagkilala ng mga mananampalataya sa mga pang-ekonomiyang pangkatin (i.e., mayaman at mahirap)
4. pagkiling ng mga mananampalataya sa mga antas panlipunan (i.e., alipin at malaya na)
5. panliping pagmamataas ng mga mananampalataya (i.e., Hudyo at Hentil)
6. panibugho o pagmamataas ng mga mananampalataya sa pag-aasawa (i.e., kasal at di-kasal)
7. pagmamataas ng mga mananampalataya sa kagalingang intelektwal (i.e., unang siglo elitismo sa edukasyon, mga sophista)

Sa maraming paraan, binibigyang-diin nito na ang kayabangan, pagmamataas, dogmatismo at pansariling pagkatig ay naglalarawan ng pangsektang pangkaligalig ng mga makabagong iglesiya. Bawat pangkat ay nag-aangking nangununa sa pagsunod ng kanilang taong pinuno (i.e., Luther, Calvin, Arminio, Wesley, atbp.). Bawat pangkat ay nag-iisip na sila lamang nagpapakilala ng kaisipan ng Diyos. Oh, ang nagpapatuloy na pangangailanga sa pagpapakumbaba at kakayahang matuto. Ang lahat ng nagpapatuloy na tumawag sa pangalan ni Hesus ay Kanyang iglesiya!

▣ **"kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa lamang paghatol"** Ang Today's English Version (TEV) na salin ay may "lubusang pagkakaisa na may tanging iisang kaisipan at isang layunin." Ang layuning ito ay ang Kaharian ng Diyos, ang ebanghelyo, ang Dakilang Komisyon, personal na kabanalan, hindi pansariling mga pagkakampi, mga pagkiling, o mga adyenda!

**1:11 "*mga kasangbahay* ni Cloe"** Wala tayong nalalaman patungkol sa babaeng ito maliban na marahil na siya ay isang miyembro ng iglesiya sa Corinto o kahit papaano, ang kanyang mga manggagawa ay mga miyembro. Ang kanyang pangalan ay isang palayaw para sa diyosa ng pagsasaka, si Demeter. Ang kanyang mga ay isa sa pinanggalingan ng kaalaman ni Pablo patungkol sa mga suliranin na sumibol sa loob ng mga bahay-iglesiya sa Corinto. Tingnan ang Panimula, VI. A.

▣ **"na sa inyo'y may mga pagtatalotalo"** Ang terminong ito (i.e., *eris*) ay nakatala sa mga bunga ng laman sa taga-Galacia 5:20, na nagpapakilala ng nalugmok, galit, makasariling tao. Ito rin ay nakatala sa maraming iba pang mga tala ni Pablo sa mga kasalanan (cf. 3:3; II taga-Corinto 12:20; I Timoteo 6:4). Ito dapat ay hindi kailanman, hindi kailanman nagpapakilala sa iglesiya ni Hesukristo!

**1:12** Ito ay tila isang tala ng mga pangkatin (i.e., pangkat ni Pablo, pangkat ni Apolos, pangkat ni Pedro, pangkat ni Hesus). Marami ang bumubuo ng mga katangian ng mga pinuno (i.e., Pablo = pangkat kalayaan, na kinapapalooban ng mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya lamang; Apolos = pangkat pilosopiya; Cefas = pang-Hudyong tradisyon o pangkat legalismo, cf. II taga-Corinto 11:18-33); Kristo = sa kanila na may natatanging antas, panawagan, kaloob, o espiritwalidad (cf. maaaring II taga-Corinto 12:1). Gayunman, walang tiyak na kabatiran sa NT patungkol sa teolohiya o pag-uudyok ng bawat pangkat. Ang mga pinunong ito, sa kanilang sarili ay hindi nagpapangkat. Ito ang mga pangkat sa Corinto na nag-aangkin sa kanila bilang mga kampeon ang siyang nagpapangkat-pangkat.

▣ **"Apolos"** Ito ay isang mangangaral na may mataas na pinag-aralan at mahusay magsalita na galing sa Alexandria, Ehipto. Siya ay nasa Corinto (cf. Mga Gawa 18:24-19:1), ngunit tumangging bumalik (cf. 16:12). Siya ang sadyang uri ng pinuno kung saan ang iglesiyang ito ay naaakit.

▣ **"Cefas"** Ito ay ang Aramaikong katumbas sa Griyegong pangalan, na Pedro. Ito ay di-tiyak kung si Pedro ay pumunta sa Corinto. Kung hindi, ito ay maaaring naglalarawan ng isang "maka-Hudyong" pangkat (cf. taga-Galacia at maaaring II taga-Corinto).

▣ **"ako'y kay Kristo"** Ito ay di-tiyak kung ito ay reaksyon ni Pablo sa mga pangkat na may pagkiling sa pinuno o iba pang maliliit na pangkat na nag-aangkin lamang kay Kristo bilang kanilang lider. Si Clemente ng Roma, na nagsulat para sa Corinto noong A.D. 95 (i.e., I Clem. 48) ay hindi nabanggit ang isang pangkat ni Kristo, bagaman kanyang nabanggit ang ibang mga nagtatalong pangkat. Sinusuportahan nito ang pananaw na maaaring ito ay isang pagbubulalas ni Pablo. Maaaring piliin nila na kilalanin at sundin ang mga taong pinuno, ngunit kanyang itinaas at nabibilang lamang kay Kristo!

Ang ibang mga iskolar ay inaakalang ito ay maaaring isang pangkat na nag-aangkin ng isang natatanging kaalaman ni Hesus o isang natatanging kapahayagan kay Hesus o isang natatanging pakikipag-ugnayan kay Hesus (i.e., isang pili, Gnostikong-uri ng pangkat). Ngunit muli, ito ay di-tiyak at pawa haka-haka. Lubhang maraming bagay ang di natin nalalaman patungkol sa una at ikalawang siglo iglesiya.

**1:13** Ang talatang ito ay itinala ang nakakasindak na reaksyon ni Pablo. "Nahati nga ba si Kristo?" Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA NAGPAPAHIWATIG, na nagpapahiwatig na si Kristo ay naging at mananatiling nabaha-bahagi sa mga saloobin at mga pagkilos ng mga pangkat na ito sa Corinto. Kung ito ay isang tanong, kung gayo'y isang "oo" na pagtugon ang inaasahan.

Ang Papyri na manuskrito na naisulat noong A.D. 200, ay may isang kaibahang tekstwal, "si Kristo ay hindi mahahati" (ngunit ang papyri na ito ay nasira na at ang teksto ay di-tiyak). Ang pinakamatanda at maaasahang Griyegong unsanong kasulatan, א, A, B, C, D, F, at G, ay tinanggal ang pagsalungat at, samakatuwid, ginagawa itong (1) isang katanungan; (2) isang pagbubulalas; o (3) isang kapahayagan. Ang UBS[4] ay binibigyan ang mas maiksing teksto ng isang A na antas (tiyak).

▣ **"ipinako baga sa krus si Pablo dahil sa inyo? o binautismuhan baga kayo sa pangalan ni Pablo"** Ito na mga mariing pahayag ni Pablo sa pangingibabaw ni Kristo (i.e., ibinababa ang kanyang sarili) ay maaaring ipaabot sa mga nagtatalong pangkat o kahit na papaano, sa pangkat na tinatawag sa pamamagitan ng kanyang pangalan. Ang katanungang ito ay inaasahan ang isang "hindi" na katugunan.

**1:14 "Crispo"** Ito ay ang taong nabanggit sa Mga Gawa 18:8 na pinuno ng sinagoga sa Corinto na tinanggap si Kristo. Mga Gawa 18:8 ay binabanggit din na siya ay nabautismuhan kasama ng kanyang sambahayan (cf. v. 16). Tili si Pablo ang nagsagawa ng "sambahayang" pagbabautismo. Noong sinaunang panahon, kapat ang pinuno ng sambahayan ay nanampalataya, kadalasang ang buong tahanan ay mananampalataya. Ito ay karaniwang binubuo ng mga bata at mga naglilingkod, kung mayroon man. Para sa aking buong tala sa Mga Gawa 16:5, tingnan sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **"Gayo"** Ito ang taong maaaring isa sa nabanggit sa taga-Roma 16:23, kung saan sa kanyang bahay ay nagkakatipo ang iglesiya sa Corinto. Ang kanyang buong Romanong pangalan ay Gayo Tito Justo.

**1:16 "Estefanas"** Ito ay ang taong nabanggit sa I taga-Corinto 16:15,17. Siya ay isa sa tatlong mga miyembro ng iglesiya na nagdala ng isang sulat mula sa iglesiya kay Pablo sa Ephesus. Tingnan ang Panimula, VI. A.

**1:17 "Sapagka't hindi ako sinugo ni Kristo upang magbautismo, kundi upang mangaral"** Ito ay hindi nangangahulugan ng pagmamaliit sa bautismo, ngunit upang saguting ang nagkakahati-hating espiritu sa iglesiya ng Corinto na nagtataas sa ilang mga pinuno. Gayunman, ang kapahayagan ito ay ipinapahiwatig na ang bautismo ay hindi nakita bilang isang "pang-sakramentong" kaparaan ng biyaya. Ito ay nakakagulat na ang ilan ay binigyang-kahulugan ang mga sulat ni Pablo sa isang pang-sakramentong kaunawaan nang sa lahat ng kanyang mga sulat, kanyang tiyakang binabanggit ang hapunan ng Panginoon nang minsan sa I taga-Corinto 11 at bautismo, dalawang beses, sa taga-Roma 6:1-11 at taga-Colosas 2:12. Gayunman, ang bautismo ay ang kalooba ng Diyos sa bawat mananampalataya:

1. ito ay ang halimbawa ni Hesus (Mateo 3:13-17)
2. ito ay ang utos ni Hesus (Mateo 28:28-10)
3. ito ay ang inaasahan, karaniwang pamamaraan sa lahat ng mga mananampalataya (taga-Roma 6; Mga Gawa 2:38)

Hindi ako naniniwala na ito ay ang paraan ng pagtanggap ng biyaya ng Diyos o ng Espiritu. Ito ay pangmadang pagkakataon para sa bagong mga mananampalataya na ihayag ang kanilang pananampalataya sa isang lubusang pangmadla at walang alinlangang paraan. Walang mananampalataya sa NT ang magtatanong, "Kailangan ko bang mabautismuhan upang maligtas?" Ginawa ito ni Hesus! Inutusan ni Hesus ang iglesiya na gawain ito ito! Gawin ito!

## NATATANGING PAKSA: BAUTISMO

Si Curtis Vaughan, *Acts*, ay may isang nakakawiling tala sa p. 28.

> "Ang Griyegong salita para sa 'na-bautismuhan' ay isang pangatlong panauhang pautos; ang salita para sa 'pagsisisi,' isang pangalawang panauhan pautos. Ang pagbabagong ito mula sa mas tahas na pangalawa panauhang pautos patungo sa mas kakaunting tahas na pangatlong panauhan ng 'na-bautismuhan' ay nagpapahiwatig na ang pangunahing pangangailangan ni Pedro ay para sa pagsisisi."

Ito ang sinsundang pag-bibigay-diin sa pangangaral ni Juan Bautista (cf. Mateo 3:2) at Hesus (cf. Mateo 4:17). Ang pagsisisi ay tila baga isang espirituwal na susi at ang ang bautismo ay isang panglabas na pagpapahayag ng espirituwal na

pagbabago. Hindi nakikilala ng Bagong Tipan ang mga di-na-bautismuhang mga mananampalataya! Sa naunang iglesiya ang bautismo ay ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay isang pagkakataon para sa pang-madlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi isang mekanismo para sa kaligtasan! Kailangang matandaan na ang bautismo ay hindi nabanggit sa pangalawang sermon ni Pedro, bagkus ang pagsisisi (cf. 3:19; Lucas 24:17). Ang bautismo ay isang halimbawa na itinakda ni Hesus (cf. Mateo 3:13-18). Ang bautismo ay inuutos ni Hesus (cf. Mateo 28:19). Ang makabagong tanong ng pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan ay hindi pinag-tuunang-pansin sa Bagong Tipan; lahat mga mananampalataya ay inaasahang magpa-bautismo. Gayunman, ang isa ay kailangang bantayan laban sa isang sakramentong pagmamakina! Ang kaligtasan ay isang isyu ng pananampalataya, hindi isyu ng isang tamang-lugar, tamang-mga salita, tamang-pagseseremonya!

▣
**NASB** **"hindi sa karunungan ng mga salita"**
**NKJV** **"hindi sa dunong ng pananalita"**
**NRSV** **"hindi sa mahusay na karunungan"**
**TEV** **"hindi sa paggamit ng wika ng karunungan ng tao"**
**NJB** **"hindi sa pamamagitan ng kaparaan ng karunungan ng wika"**

Ang terminong *sophia* (i.e., talas ng isipan o karunungan) sa vv. 17-24 ay ginamit sa pantaong kaangkupan (i.e., karunungan ng mundo, pantaong karunungan, nalugmok na karunungan). Ang pantaong talas ng isipan at/o karunungan ay di maaaring lumagay sa lugar ng mabuting balita ng Diyos sa panghaliling kamatayan ni Kristo. Ang kapangyarihan ay nasa mensahe, hindi sa mensahero (i.e., hindi kahit na si Pablo, cf. II taga-Corinto 10:10; 11:6). Isang bahagi ng iglesiyang ito ay nagmataas sa kanilang sarili sa retorika (see Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*). Isang pangkat ng maka-Hudyo bulaang mangangaral sa huli sa darating mula sa Corinto at lalabanan si Pablo dahil sa kanyang kakulangan sa retorikong kakayahan sa pananalita sa II taga-Corinto 10-13. Walang laman ang maluluwalhati sa harapan ng Diyos (cf. 1:29; taga-Efeso 2:9).

▣ **"upang ang krus ni Kristo ay di mawalan ng kabuluhan"** Kung ang mga tao ay maililigtas ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos o katalinuhan, kung gayon, ang kamatayan ni Kristo ay hindi na kinakailangan! Ngunit, wala silang kakayahan! Ang kapangyarihan ng krus ay ang lubusang pagtutustos ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ang lahat ng bagay na dapat maisakatuparan para sa buong mundo upang maligtas ay natapos na, lubusan, at makakamtan sa buhay, mga katuruan, kamatayan, muling pagkabuhay, pag-akyat sa langit, at muling pagdating ni Kristo, kung saan ang mga tao ay maaari lamang na tumugon/ tumanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:18-25

**18Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; nguni't ito'y kapangyarihan
ng Diyos sa atin na nangaliligtas. 19Sapagka't nasusulat, WAWASAKIN KO ANG KARUNUNGAN NG MARURUNONG, AT
ISASAWALA KO ANG KABAITAN NG MABABAIT. 20Saan naroon ang marunong? saan naroon ang eskriba? saan naroon ang
mapagmatuwid sa sanglibutang ito? hindi baga ginawa ng Diyos na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?
21Sapagka't yamang sa karunungan ng Diyos ay hindi *dumating* sa pagkakilala ng sanglibutan ang Diyos sa pamamagitan
ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Diyos na iligtas ang mga nagsisipanampalataya sa pamamagitan ng
kamangmangan ng pangangaral. 22Ang mga Hudyo nga ay nagsisihingi ng mga tanda, at ang mga Griyego ay
nagsisihanap ng karunungan: 23Datapuwa't ang aming ipinangangaral ay ang Kristo na napako sa krus, na sa mga
Hudyo ay katitisurang bato, at sa mga Hentil ay kamangmangan; 24Nguni't sa kanila na mga tinawag, maging mga
Hudyo at mga Griyego, si Kristo ang kapangyarihan ng Diyos, at ang karunungan ng Diyos. 25Sapagka't ang
kamangmangan ng Diyos ay lalong marunong kay sa mga tao; at ang kahinaan ng Diyos ay lalong malakas kay sa mga
tao.**

**1:18 "Sapagka't ang salita ng krus"** Ang "salita" (i.e., *logos*) ay kaugnay sa nilalaman ng pangangaral ni Pablo (cf. vv. 17 at 23). Kadalasan sa kanyang pangangaral, binibigyang-diin ni Pablo kapwa ang pagpapapako sa krus at ang muling pagkabuhay ni Kristo. Ngunit sa kontekstong ito, siya ay tumutuon sa pagpapapako sa krus (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; Zacarias 9-14) at ang mga kinahinatnan nito (cf. 1:30).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"kamangmangan"**
**TEV** **"ay walang kabuluhan"**
**NJB** **"kalokohan"**

Ang Griyegong salitang ito ang pinanggalingan ng Ingles na "moron." Ito ay isang susing sangkap sa paglalarawan ni Pablo ng nalugmok na pantaong karunungan (cf. vv. 18,21,23,25), pansinin din ang 2:14; 3:18-19; 4:10. Ang ebanghelyo ay kapahayagang (i.e., sariling pagbubunyag) mula sa Diyos, hindi pantaong pagtuklas!

▣ **"sa kanila na nangapapahamak; nguni't ito'y kapangyarihan ng Diyos sa atin na nangaliligtas"** Mayroong dalawang PANGKASALUKUYANG MGA KATAGA. Ang una ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI at ang ikalawa ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panahuan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan sa 3:15. Mayroon lamang dalawang uri ng tao: silang mapapahamak at silang maliligtas (cf. II taga-Corinto 2:15; 4:3). Ang terminong "mapapahamak" ay hindi nangangahulugan ng pisikal na paglipol, ngunit palagiang pagkawala ng pakikipag-ugnayan sa Diyos, kung saan sila ay nilikha. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28. Ang mga makabagong tagapagsalin ay kinuha ang mga Hebreong euphemismo at gawing literal sila. Ang dalawang halimbawa ay:

1. "natutulog" = kamatayan, hindi kawalang-malay hangang sa muling pagkabuhay
2. "mapapahamak" = espiritwal na pagkawala, hindi pagkalipol

Ang ilang ay nagsasabing ang pagkalipol (i.e., paghinto ng buhay) ay mas makataon kaysa sa isang palagiang impiyerno (cf. Fudge, *The Fire That consumes*). Ang suliranin nagsisimula kapat ang parehong salita na ginamit upang ilarawan ang impiyerno ay ginamit sa langit (i.e., "walang-hangan," cf. Mateo 25:46) at ang pagbanggit ng isang dawalang muling pagkabuhay gaya ng sa Daniel 12:2; Juan 5:28-20; at Mga Gawa 24:15. Gayunman, hindi ang Diyos ang nagdadala sa mga tao sa impiyerno, ngunit kanilang sariling pagtanggi ng (1) liwanag na kanilang taglay (i.e., Mga Awit 19:1-6; taga-Roma 1-2) o (2) ang ebanghelyo (i.e., ang kasalanang walang kapatawaran at ang kasalanan ng nagdudulot ng kamatayan ay ang kasalanan ng kawalan ng pananampalataya). Ang kawalan ng pananampalataya sa buhay na ito ay nakakaapekto sa walang-hangan.

Ang NT inilalarawan ang kaligtasan bilang isang

1. nakalipas na tiyak na kusang pagkilos (i.e., AORIST PANAHUNAN, Mga Gawa 15:11; taga-Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5)
2. isang proseso na nagpapatuloy sa buhay (i.e., PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15)
3. isang nakalipas na pangyayari na naging isang kalalagayan ng pagkatao (i.e., GANAP NA PANAHUNAN, taga-Efeso 2:5,8)
4. isang panghinaharap na kalubusan (i.e., PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN, taga-Roma 5:9,10; 10:9; 13:11; I taga-Corinto 3:15; taga-Filipos 1:28; I taga-Tesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28)

Ang teolohikong panganib ay ihiwalay ang alinman sa mga ito bilang "ang" diwa ng kaligtasan. Tayo ay kailangang palagiang maging maingat laban sa madaling-paniniwala na nagbibigay-diin lamang sa panimulang pagkilos o kawalang-kamalian na nagbibigay-diin lamang sa produkto. Ang kaligtasan ay isang panimula, kusang pagtugon sa walang-bayad na handog ng Diyos kay Kristo na nagduduloy ng pang-araw-araw na pagiging-wangis kay Kristo . Ito ay hindi lamang isang persona na malugod na tinanggap, ngunit isang mensahe na natamo patungkol sa isang tao, at isang pamumuhay na may pagtutulad sa personang it. Ito ay hindi isang produkto, isang patakaran sa pasisiguro, isang tiket na papuntang langit, ngunit isang lumalagong pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan kay Hesus. Hindi binibigyang-diin ng NT ang paggawa ng isang decision, ngunit pagiging isang disipulo o tagasunod (cf. Mateo 28:19-20).

Ang tunay na hiwaga ay kapag ang ebanghelyo ay ipinahayag, ang ilan ay magsasabi ng "oo" at maliligtas, ngunit ang ilan ay magsasabi ng "hindi" at kanilang paghihimagsik ay muling mapapatibay (cf. Lucas 2:34; Juan 9:39; I Pedro 2:7). Hindi ako namamangha kapat ang tao ay nagsabi ng oo, ngunit ako ay namamangha sa

1. ang naisin ng Diyos para sa lahat ay maligtas
2. ang natapos na gawain ni Kristo
3. ang paghihikaya ng Espiritu
4. ang damang pagkamakasalanan ng sangkatauhan
5. ang kawalan ng layunin sa buhay kung wala Diyos

na ang tao ay magsasabing "Hindi"! Ito ay ang hiwaga ng pagpili (eleksiyon) (cf. II taga-Corinto 3:14; 4:4; 11:3).

▣ **"ang kapangyarihan ng Diyos"** Ang ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng Diyos (cf. 1:24; taga-Roma 1:16). Ang ebanghelyo ay nagpapahayag at nagpapadalay ng kapangyarihan ng Diyos. Ito ay nagdudulot ng pananampalataya. Ito ay nagdudulot ng pagsisisi. Ito ay nagdudulot ng karunungan, katuwiran, pagpapaging-banal, at katubusan (cf. 1:30). Ang pangangaral ng krus ay ginawa ang lahat ng ito. Ito ay sa kapangyarihan ng Diyos's kapangyarihan na nasa likod ng isinulat na salita (i.e., ang Bibliya), ang buhay na salita (i.e., Kristo), ang ipinangaral na salita (i.e., ang ebanghelyo), at ang itinatag na salita (i.e., pagiging wangis kay Kriston/ ang kaharian ng Diyos).

**1:19** Ito ay isang sipi ng Isaias 29:14. Ito ay isang halimbawa ng magkasingkahulugang parallelismo sa OT. Ang pagbibigay-diin ay sa kahangalan ng pantaong karunungan na wala ang Diyos (cf. Isaias 29:13; Eccl. 1:12-18; 12:12).

▣ **"WAWASAKIN"** Ito ay bahagi ng isang sipi sa OT (i.e., Isaias 29:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: *Apollumi* sa 8:11.

**1:20** Ito ay isang tala ng mga pantaong nangangatuwiran (i.e., pang-Hudyo at Hentil). Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 33:18 sa LXX (*Jerome Biblical Commentary*, p. 257). Hindi maaaring matuklasan ng tao ang ebanghelyo. Ito ay ang hiwaga ng Diyos na itinago mula sa mga panahon (cf. taga-Efeso 2:11-3:13). Ang plano at pagtutustos ng Diyos at tila kamangmangan dahil pinapawalang-halaga nito ang pantaong kagalingan at karunungan.

▣ **"sa sanlibutang ito. . .sa sanlibutan"** Ang dalawang pariralang ito na nagpapakilala ng isang katulad na konsepto sa

yugto ng panahon ay nalugmok. Ito ay hindi ang mundo na ninanais ng Diyos, ngunit ang ebanghelyo ay magbabangong-anyo sa nalugmok sa panahon tungo sa ninanaais na paglalang ng Diyos (i.e., Genesis 1-2 at Pahayag 21-22).

Ang terminong “sanlibutan” ay ginamit sa dalawang kaunawaan sa NT: (1) ang pisikal na mundo (cf. Juan 3:16) at (2) nalugmok na pantaong lipunan na naitayo at kumikilos na hiwalay sa Diyos (cf. Santiago 1:27; 4:4; I Juan 2:15-17). Sa mga sulat ni Pablo, ang Hebreong terminong *'olam*, ay isinalin sa Griyego bilang *aiōn*, at naging kasingkahulugan ng *kosmos* (cf. 1:20; 2:6; 3:19; taga-Efeso 2:2). Para sa *kosmos* tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Kosmos* (mundo) sa 3:21b-22.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON

Ang mga propeta sa OT ay tinitingnan ang hinaharap bilang bilang isang kadugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikong Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong tularan ang nabuo sa pang-Hudyong intertestamental na panitikang apoliptiko (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na pinangibabawan ni Satanas at ang daarating na panahon ng katuwiran na pinapangibabawan ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas na isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na “umuunlad na kapahayagan.” Ang NT ang nagpapatibay sa bagong kosmikong katotohanan ng dalawang panahon (i.e., isang pansamantalang dualismo).

| Hesus | Pablo | Hebreo |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | taga-Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo 13:22 & 29 | I taga-Corinto 1:20;2:6,8;3:18 | 6:5 |
| Marcos 10:30 | II taga-Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | taga-Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | taga-Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo 4:10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang pang-Hudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing pagtataya ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa propesiya sa OT ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap (hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay ang pag-igting sa NT na narito na, ngunit hindi pa!

▣ **“hindi baga ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan”** Ang gramatika ay nagpapakita na si Pablo inaasahan ang isang “oo” na katugunan.

**1:21 “Sapagka't yamang sa karunungan ng Diyos”** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 8:22-31, gaya ng sa Juan 1:1-5,9-14. Ito also ay tumutukoy sa plano ng Diyos na tubusin ang nalugmok na sangkatauhan. Ang katubusan ay pinanukala sa puso ng Diyos bago pa ang paglilikha (cf. Mateo 25:34; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Efeso 1:4; I Pedro 1:19-20; Pahayag 13:8). Ang planong ito ay kinapapalooban ng

1. kaalaman sa simula pa lamang sa pagkahulog ng sangkatauhan
2. kawalang kakayahan ng sangkatauhan na tuparin ang kalooban ng Diyos (cf. Deuteronomio 31:27-29; Josue 24:19; taga-Galacia 3)
3. ang pagtustos ng Diyos kay Kristo (i.e., ang bagong kasunduan, cf. Jeremias 31:31-34)
4. ang paanyaya sa Hudyo at Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. v. 21; taga-Efeso 2:11-3:13)

## NATATANGING PAKSA: MGA PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo o Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. taga-Galacia 3:28-29; taga-Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. taga-Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan.

Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

▣ **"hindi *dumating* sa pagkakilala sa Diyos"** Ang mga Griyego ay hindi naniniwala na ang Diyos ay maaaring malaman. Ang kanilang mga diyus-diyosan ay may pantaong kahinaan at hindi kalahok sa mundong ito. Ang nalugmok sa sangkatauhan ay hindi maaaring matuklasan ang Diyos, ngunit ang Diyos ay piniling ihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ni Kristo, (i.e., ang Buhay na Salita) at sa pamamagitan ng Bibliya (i.e., ang naisulat na Salita), gayundin naman sa pamamagitan ng natuboy na sangkatauhan (i.e., ang naitatag na salita)!

▣ **"kinalugdan ng Diyos sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral"** Ito ay hindi ang pagpapakilala, ngunit ang nilalaman ng ebanghelyo na siyang kamangmangan sa nalugmok na isipan (cf. 2:14).

▣ **"na iligtas ang mga nagsisipanampalataya"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAWATAS na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Ito ay ang diwa ng kapahayagan ng ebanghelyo! Ang terminong "iligtas" ay ginamit sa OT para sa pisikal na pagpapalaya, ngunit sa NT ito ay ginamit para sa espiritwal na kapatawaran at pagtanggap. Ang ating pagtanggap ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo ay isang natapos na katotohanan, ngunit ang ating bahagi dito ay isang nagpapatuloy na pangkasunduang pakikipag-ugnayan. Ang lahat ng pakikitungo sa pagitan ng Diyos at mga tao ay pangkasunduan. Ang Diyos ay palagiang nagpapasimula ng kasunduan at nagtatakda ng pangangailangan nito, ngunit Kaniyang pinili na tayo ay kailangang personal na tumugon at magpatuloy na tumugon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:15.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS

Ang biblikal na doktrina na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysayan ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 8:35-39; taga-Efeso 1:13; 2:5,8-9; taga-Filipos 1:6; 2:13; II taga-Tesalonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)
B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,20; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 11:22; I taga-Corinto 15:2; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; taga-Filipos 2:12; 3:18-20; taga-Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *panahonnda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son,* Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang

lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

**1:22 "mga Hudyo nga ay nagsisihingi ng mga tanda"** Ito ay nagpapakita sa kaalaman ni Pablo's kaalaman sa buhay ni Kristo (cf. Mateo 12:38; 16:1,4; Marcos 8:11-12; Juan 4:48; 6:30).

▣ **"ang mga Griyego ay nagsisihanap ng karunungan"** "mga Griyego" (*Hellēnes*) ay tumutukoy sa lahat ng di-Hudyong tao. Ito ay maliwanag na makikita sa pagkakagamit nito sa Mga Gawa 18:16-21,32; taga-Roma 1:13.

**1:23** Ito talatang ito ay nagsisimula sa KASALUNGAT na "ngunit." Ang katugunan ni Pablo na kapwa isang pangangailangan para sa "mga tanda" at "karunungan" ay ang ebanghelyo.

▣ **"napako sa krus"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang papapapako ni Hesus sa krus, hindi lohika o mga himala, ang puso ebanghelyo ni Pablo. Ang GANAP NA PANAHUNAN ay nagbibigay-diin na is Hesus ang nananatiling "ang isang ipinako sa krus." Kapag nakita natin si Hesus sa langit, mananatili sa Kaniya ang mga bakas ng Kanyang pagkapako sa krus (cf. Juan 20:25) dahil sila ay naging Kanyang mga sagisag ng parangal at kaluwalhatian. Si Hesus lamang ang bahagi ng Trinidad na may pisikal na katawan.

Ito ay tiyakang maaari na ang GANAP NA PANAHUNAN na ito ay isang NALUBOS NA GANAP na tumutuon sa natapos na isang pangyayari o pagkilos, na nagpapahiwatig ng kinalabasan (cf. Daner at Mantey, *A Manual Grammar of the Greek New Testament*, pp. 202-203). Si Hesus na naipako sa krus ang nagselyo ng ating kaligtasan. Siya ay ang katuparan ng Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; at Zacarias 12:10. Ang nagdurusang Mesias ay isang teolohikong dagok sa mga Hudyo!

Pansinin ang mga pang-Mesias na titulo na ginamit ng mga sinaunang mangangaral at mga nagtapat.

1. si Hesus ay ang Kristo (Mesias) – Mga Gawa 5:42; 9:22; 17:3; 18:5,28; I taga-Corinto 1:23
2. si Hesus ay ang Anak ng Diyos – Mga Gawa 9:20; taga-Roma 1:3-4
3. si Hesus ay Panginoon (nagpapakilalang PANGINOON, YHWH) – Mga Gawa 2:36; 10:36; 11:20; taga-Roma 10:9; II taga-Corinto 4:5; taga-Colosas 2:6

Ito ang mga teolohikong buod na ginamit upang ipahayag ang Kristolohikong paninindigan (tingnan si James D. G. Dunn, *Unity and Diversity in the NT*, pp. 34-63).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "katitisurang bato"**
**TEV "na isang katitisuran"**
**NJB "isang balakid"**

Ito Griyegong termino (i.e., *skandalon*) ay ginamit para sa gatilyong mekanismo sa isang panghuli ng hayop (cf. taga-Galacia 5:11). Ang mga Hudyo ay tinanggihan si Kristo dahil pagpapapako sa krus (cf. Deuteronomio 21:23). Inaasahan nila ang Mesias na isang mananakop na panghukbong pinuno (at Siya ay magiging ganito sa Kanyang pagbabalik!). Ang mga Hudyo ay hindi kinilala ang isang Nagdurusang Mesias (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 52:13-53:12) at isang dalawang-yugtong pagdating (i.e., pagkakatawang-tao at maluwalhating pagbabalik).

## NATATANGING PAKSA: ANG MESIAS

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga maaaring kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. Ginamit ng mga Haring Hudyo (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. Ginamit ng mga Saserdoteng Hudyo (e.g., Levitico 4:3,5)
3. Ginamit ni Ciro (cf. Isaias 45:1)
4. Ang #1 at #2 ay pinagsama sa Mga Awit 110 at Zacarias 4
5. Ginamit sa nanananging pagparito ng Diyos, ang Haring mula kay David na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran
   a. Hanay ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. Tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. Pangkahalatang Paghahari (cf. Mga Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micas 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret sapagkat

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian

3. ang sugnay ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

▣
**NASB, NJB "at sa mga Hentil ay kamangmangan"**
**NKJV "sa mga Griyego kamangmangan"**
**NRSV "kamangmangan sa mga Hentil"**
**TEV "kalokohan sa mga Hentil"**

Ang mga Griyego tinanggihan si Kristo dahil sa konsepto ng muling pagkabuhay (i.e., dahil sa kanila ang pisikal na katawan ay ang pinanggagalingan ng kasamaan) ay hindi akma sa kanilang mga inaakalang pilosopikong kaisipan. Ang kapahayagang ito ni Pablo ay nagpapakita din na ang inaakalang "namamatay at mabubuhay na tagatubos " ng mga kulto na pagpaparam at mga relihiyon nghiwaga religions ay hindi isang pangunahing aral ng Griyegong kaisipan at tiyak na hindi ang pinagmulang ng pananaw ni kay Hesus.

Mag-ingat na hindi maghatol ng ebanghelyo sa pamamagitan ng kaniyang sariling kultura o pambansang kaurian! Ang NKJV, ay sumusunod sa Textus Receptus, na may "mga Griyego," na sumusunod sa naitamang Griyegong unsyanong kasulatang $C^3$ at $D^c$. Ang lahat ng ibang Griyegong kasulatan ay may "mga Hentil" (*ethnesiu*). Ang terminong "mga Griyego" ay makikita sa vv. 22 at 24. Maaaring ang mga sinaunang eskriba ay binago ang v. 23 upang gawin silang lahat pare-pareho. Para sa "kamangmangan" tingnan ang tala sa 1:25.

**1:24 "Nguni't sa kanila na mga tinawag"** Ang panimula ng I taga-Corinto nagbibigay-diin sa panawagan ni Diyos (i.e., eleksiyon) at biyaya ng Diyos bilang tanging batayan ng kaligtasan sa iglesiya sa Corinto (cf. vv. 2,9,26,27; taga-Efeso 1-2). Natutunan natin mula sa Juan 6:44,65 ang sinuman ay di lalapit sa Diyos maliban na ang Espiritu ang maglapit sa kaniya. Ang panawagan ni Diyos ay hindi tinatanggal o binabawasan ang pangangailangang ng tao na tumugon, kapwa sa panimula at sa pagpapatuloy.

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON O PAGHIRANG

Ang eleksyon ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunit isang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salita ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang taga-Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at taga-Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon na ito ay matatagpuan sa taga-Efeso 1:4. Si Hesus ay piniling tao ng Diyos at lahat ay potensyal na pinili sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang taga-Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan! Ang mga doktrina ay dumating na may kaugnayan sa iba pang mga katotohanan, hindi bilang isang nag-iisa, di magka-ugnay na katotohanan. Isang magandang pagkakatulad ay ang konstelasyon at nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagprepresenta ng katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning, dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon na nagdulot ng dialektikal na (kabalintunaang) tambalan ng doctrinal na mga katotohanan (ang pagiging transendensiya ng Diyos laban sa Diyos na imanente. Hal.: Katiyakan laban pagtitiis; Hesus bilang kapantay ng Ama laban Hesus bilang nagpapasakop sa Ama; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad sa isang tipanan kapareha; atbp.).

Ang teolohiko na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

▣ **"kapwa mga Hudyo at mga Griyego"** Ito ay nagpapakita na ang layunin ng ebanghelyo ay pag-isahin ang lahat ng mga tao kay Kristo. Ito ang hiwaga ng Diyos na tinago mula sa mga panahon, ngunit ngayon ay maliwanag na naihayag (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

▣ **"si Kristo ang kapangyarihan ng Diyos at ang karunungan ng Diyos"** Ang una parirala maaaring maiugnay sa muling pagkabuhay ni Kristo dahil sa paggamit ng "kapangyarihan ng Diyos" sa taga-Roma 1:4.

Ang ikalawang parirala ay tanging naiuugnay sa suliranin ng pagbibigay-diin sa kaalaman ng iglesiya sa Corinto. Gayunman, ito ay maaaring tiyakan na isang sanggunian sa Kawikaan 8:22-31 (i.e., ang pagbibigay-buhay sa karunungan ng paglilikha, cf. 8:6; taga-Colosas 1:15-17; Hebreo 1:2).

**1:25 "ang kamangmangan ng Diyos ay lalong marunong kay sa mga tao"** Ito ay isang OT paksa (cf. Isaias 55:8-9). Ito ay naulit sa I taga-Corinto 1:18,21,23. Ito ang terminong *mōros*. Ang kanyang ibang anyo ay ginamit madalas ni Pablo sa kanyang mga sulat sa Corinto. Tingnan ang Natatanging Paksa at 15:36.

1. *mōros* (mangmang), I taga-Corinto 1:25,27; 3:18; 4:10
2. *mōria* (kamangmangan), I taga-Corinto 1:18,21,23; 2:14; 3:19
3. *mopainō* (ginawang mangmang), I taga-Corinto 1:20

**"ang kahinaan ng Diyos ay lalong malakas kaysa mga tao"** Ito ay pangunahing nagpapahayag ng di-matutularang kadakilaan ng Diyos. Siya nga ay naitaas sa pamamagitan ng kahinaan ng tao (cf. I taga-Corinto 12:5,7-10). Ito ay maaaring tumukoy sa "tila" kabiguan ng kamatayan ni Hesus mula sa isang dalisay na pananawa ng tao (cf. II taga-Corinto 13:4), ngunit sa katotohanan, ito ay isang tagumpay ng walang-hangang kakahantungan!

Ang ebanghelyo, ang tagumpay, ay lahat galing sa Diyos at hindi sa sangkatauhan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Weakness at II taga-Corinto 12:9.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:26-31

**[26]Sapagka't isaalang-alang ninyo ang inyong panawagan, mga kapatid, na hindi ang maraming marurunong ayon
sa laman, hindi ang maraming may kapangyarihan, hindi ang maraming marangal ang mga tinawag: [27]Kundi pinili ng
Diyos ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong; at pinili ng Diyos ang
mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga bagay na malalakas; [28]At ang mga bagay na mababa
ng sanglibutan, at ang mga bagay na hinamak, ang pinili ng Diyos, oo at ang mga bagay na walang halaga upang
mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga: [29]Upang walang laman na magmapuri sa harapan ng Diyos.
[30]Datapuwa't sa kaniya kayo'y nangasa kay Kristo Hesus, na sa atin ay ginawang karunungang mula sa Diyos, at
katuwiran at kabanalan, at katubusan: [31]Na, ayon sa nasusulat, ANG NAGMAMAPURI, AY MAGMAPURI SA PANGINOON.**

**1:26-31** Ang huling talatang ito ng kabanata isa ay nagpapakita sa ating ng ugnayang puno ng pag-iigting ng "karunungan" at "kaalaman" sa kaugnayan nito sa ebanghelyo. Sa isang kaunawaan sila ay "masama," sa iba naman, sila ay "mabuti." Hayaan niyong sipiin ako ang isang napakagandang pahayag mula sa *Paul, An Outline of His Theology* ni Herman Ridderbos':

> "Upang makatiyak, ang ugnayan ng pananampalataya at kaalaman, *pistis* at *gnosis*, tulad ng pananampalataya at mga gawa, ay pinagtigalawa. Sa isang banda, ang kaalaman ay tumatayo sa paraan ng pananampalataya, yan ay, kapag, gaya ng mabubuting gawa sa mga Hudyo, ito ay nagpapakilala sa kalooban ng tao sa pansariling katubusan. Habang ang kabaligtarang ito ay lumalago sa taga-Galacia at taga-Roma na may pagsaalang-alang sa mga gawa, ang bantang ito sa Kristiyanong pananampalataya mula sa panig ng *gnosis* ay pinapaliwanag lalo na sa I taga-Corinto (cf., e.g., I taga-Corinto 1:26-29). At ang panganib na ito ay umiiral hindi lamang mula sa panig na tinatawa ni Pablo na "ang karunungan ng mundong ito" (I taga-Corinto 1:21), ngunit gayundin, mula sa isang tiyak na uri ng Kristiyanong *gnosis*. Kinikilala ni Pablo ang mismong *gnosis* na ito: nalalaman nating na tayong lahat ay may kaalaman (I taga-Corinto 8:1). Ngunit kagyat niyang idinagdag ito: ang kaalaman ay nagmamataas, ang pag-ibig ay nagtatatag. Kung ano ang isyu dito ay isang maling paggamit ng Kristiyanong *gnosis*, na siyang itinataas sa kanyang sarili sa kanyang kapwa, ang mahihina; isang kaalaman na talagang para sa paglilingkod ng sariling indibidwal na kalayaan, ngunit hindi sa ikakatibay ng iglesiya. Ang *gnosis* na ito lamang ay nagtataguyod ng mapagmataas na indibidwalismo at tumitindig laban sa pag-ibig. Sa kaunawaang ito, ang *gnosis*, gaya ng mabubuting gawa, ay maaring dumating na titindig laban sa pag-ibig; na ito nga ay nakakapagpahamak at walang pakinabang (I taga-Corinto 13:2,3)" p. 242.

**1:26**
**NASB, NRSV,**
**NJB "isaalang-alang"**
**NKJV "tingnan"**
**TEV "tandaan"**

Ito ay alinman sa isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS o isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA NAGPAPAHIWATIG. Si Moffatt ay isinalin ito bilang, "Tingnan ang sariling mong ranggo." Ang talatang ito ay hindi nangangahulugan ng pagpapababa sa sinaunang iglesiya at mga pinuno nito, ngunit isang pagpapatunay ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Ito ay nangangahulugang wasaking ang pagmamataas ng mayabang na iglesiyang ito. Ang sinaunang iglesiya ay karamihang binubuo ng "mga walang-wala" sa lipunan. Gayunman, tila ang isa sa mga pangkat sa Corinto ay binubuo ng mga Romanong Roman parokyano at maka-kulturang elitista . Sa paggamit niya ng mga ito na walang pang-mundong kalagayan, ang Diyos ay itinataas ang Kanyang kapangyarihan.

▣ **"hindi ang maraming marurunong ayon sa laman"** Ito ay tumutukoy sa pantaong karunungan o mga pamantayan ng mundo (cf. 1:20; 2:6,8; 3:18).

## NATATANGING PAKSA: ANG LAMAN (*sarx*)

Ang salitang ito, higit sa lahat, ay palagiang ginagamit ni Pablo sa Galacia at kanyang teolohikong pagpapaunlad sa Roma. Ang mga pantas ay nagkakaiba sa kung papaano itatalaga ang mga magkakaibang pakahulugan ng salita. Mayroong tiyak na ilang pagkakatulad sa mga kahulugan. Ang mga sumusunod ay isang bahagyang pagtatangka upang tandaan ang malawak na pang-semantikong larangan ng salita.

A. Ang katawan ng tao, Juan 1:14; taga-Roma 2:28; I taga-Corinto 5:5; 7:28; II taga-Corinto 4:11; 7:5; 12:7; taga-Galacia 1:16; 2:16,20; 4:13; taga-Filipos 1:22; taga-Colosas 1:22,24; 2:5; I Timoteo 3:16
B. Ang pinagmulan ng tao, Juan 3:6; taga-Roma 1:3; 4:1; 9:3,5,8; 11:14; I taga-Corinto 10:18; taga-Galacia 4:23,29
C. Ang indibidwal na tao, taga-Roma 3:20; 7:5; 8:7-8; I taga-Corinto 1:29; II taga-Corinto 10:3; taga-Galacia 2:16; 5:24
D. Ang pangtaong pagsasalita, Juan 8:15; I taga-Corinto 1:26; II taga-Corinto 1:12; 5:16; 10:2; taga-Galacia 6:12
E. Ang kahinaan ng tao, taga-Roma 6:19; 7:18; 8:5-6,9; II taga-Corinto 10:4; taga-Galacia 3:3; 5:13,16,19-21; taga-Colosas 2:18

Ang pagsasalungat sangkatauhan sa Diyos, na kaugnay ng kinalabasan ng Pagkahulog, taga-Roma 7:14; 13:14; I taga-Corinto 3:1,3; taga-Efeso 2:3; taga-Colosas 2:18; I Pedro 2:11; I Juan 2:16

▣ **"hindi ang maraming may kapangyarihan"** Ito ay tumutukoy sa pisikal na lakas o panlipunang katatayuan.

▣ **"hindimaraming marangal"** Itoay tumutukoy sa pamilyang kaligiran na kinapapalooban ng kayamanan, edukasyon, at panlipunang karapatan. Ang tatlong mga katangiang ito ay umaakma sa mga Sophista, na ipinagmamalaki ang kanilang edukasyon, katatayuan, at dunong sa mundo.

**1:27 "pinili ng Diyos ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG NAGPAPAHIWATIG. Pinili ng Diyos mismo na ihayag ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng mahihina upang walang pag-aalinlangan sa dapat tumanggap ng kaluwalhatian (cf. II taga-Corinto 12). Ang tagumpay ay nagmulua sa Diyos, hindi sa nakamtan ng tao (cf. v. 29; taga-Efeso 2:9) o panlipunang katatayuan.

Para sa "kamangmangan" tingnan ang tala sa 1:25. Para sa "sanlibutan" tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:21b-22.

**1:28**
**NASB** **"ang mga bagay na mababa ng sanglibutan at ang mga bagay na hinamak"**
**NKJV** **"ang mga nakapakahamak na bagay ng mundo at ang mgay bagay na kinamuhian"**
**NRSV** **"ang mga mabababa at kinamumuhian ng mundo"**
**TEV** **"kung ano ang ibinababa at kinamumuhian ng mundo"**
**NJB** **"na sa kanila na ayon sa pantaong pamantayan ay karaniwan at kadusta-dusta"**

Ang pariralang ito ay kabaliktaran ng "marurunong. . .may kapangyarihan. . .marangal" ng v. 26. Ang terminong "bagay na mababa" sa literal ay "silang may mababang kapanganakan," na siyang ibang sangunian sa karangalan ng isang Romano.

▣
**NASB, NRSV** **"ang mga bagay na walang halaga"**
**NKJV** **"ang mga bagay na walang kabuluhan"**
**TEV** **"mga bagay na walang saysay"**
**NJB** **"silang walang kuwenta"**

Ito ba ay isa pang kaurian ng mga mabababang bagay/tao o isang buod? Dahil walang *kai* (i.e., at; MSS $P^{46}$, $\aleph^*$, A, $C^*$, D, F, G) bago ang pariralang ito na gaya ng mayroon sa lahat ng iba pa, ito ay maaaring isang buod na kapahayagan. Ang Diyos ay tumatawag at gumagamit ng mga tao na hindi napapansin ng sanglibutan! Ang teolohikong mga punto ay

1. "walang laman ang maluluwalhati sa harapan ng Diyos" (cf. 1:29)
2. ang kapangyarihan at pagtutustos ay masasaksihan sa kahinaan ng sisidlang pantao(cf. II taga-Corinto 12:1-10)
3. ang pamamagitan ni Kristo ay pinapaigting (cf. 1:30)

Sa Kanya, ang lahat ng bagay na hinahanap at pinagpupunyagian ng mga Hudyo at mga Griyego, ay isang kaloob mula kay YHWH, sa pamamagitan ng Mesias, na pinapalakas ng Banal na Espiritu!

▣ **"mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga"** Ito ay ang Griyegong terminong, *katargeō*. Tinangnan ang tala sa 1:18 at ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: WALANG HALAGA AT WALANG KABULUHAN (*KATARGEŌ*)

Ito (*katargeō)* ay isa sa mga paboritong mga salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng dalawampu't-limang beses ngunit ito ay may malawaka ng pang-semantikong saklaw.

A. Ang pangunahing etimolohikong salitang-ugat ay galing sa argos na nangangahulugang
   1. Walang pag-iral
   2. Walang saysay
   3. Hindi nagagamit
   4. Walang paggagamitan
   5. Walang bisa

B. Ang tambalang may *kata* ay ginagamit upang ipahayag ang
   1. Walang pag-iral
   2. Walang paggagamitan
   3. Iyang alinmang nawalang-bisa
   4. Iyang alinmang ginawa palayo
   5. Iyang alinmang lubusang walang bisa

C. Ito ay minsang ginamit sa Lucas upang ilarawan ang isang di-namumunga, samakatuwid walang silbing puno (cf. Lucas 13:7)

D. Ginamit ito ni Pablo sa isang matalinggahagang kaunawaan sa dalawang pangunahing pamamaraan
   1. Ang Diyos na ginawang walang-bisang bagay ang mga may kaaway sa sangkatauhan
      a. Makasalanang kalikasan ng sangkatauhan – taga-Roma 6:6
      b. Ang Kautusan ni Moises sa kaugnayan nito sa pangako ng Diyos ng "ang binhi" – taga-Roma 4:14; taga-Galacia 3:17; 5:4,11; taga-Efeso 2:15
      c. Espirituwal na puwersa – I taga-Corinto 15:24
      d. Ang "tao ng kawalang kautusan" – II taga-Tesalonica 2:8
      e. Pisikal na kamatayan – I taga-Corinto 15:26; II Timoteo 1:16 (Hebreo 2:14)
   2. Ang pagpapalit ng Diyos ng luma (kasunduan, panahon) para sa bago
      a. Mga bagay na may kaugnayan sa Kautusan ni Moises – taga-Roma 3:3,31; 4:14; II taga-Corinto 3:7,11,13,14
      b. Pagkakatulad ng kasalang ginamit sa Kautusan – taga-Roma 7:2,6
      c. Ang mga bagay ng panahong ito – I taga-Corinto 13:8,10,11
      d. Ang katawang ito – I taga-Corinto 6:13
      e. Mga pinuno ng panahong ito – I taga-Corinto 1:28; 2:6

Ang salitang ito ay isinalin sa maraming magkakaibang pamamaraan, ngunit ang kanyang pangunahing kahulugan ay gawin ang isang bagay na walang silbing, walang halaga at walang kabuluhan, walang pag-iral, walang kapangyarihan, ngunit hindi kinakailangang di-nananatili, nawasak o napuksa.

**1:29 "walang laman na magmapuri sa harapan ng Diyos"** Ang PANDIWA ay isang AORIST PANGGITNANG PASAKALI na nagpapahiwatig ng isang napagpasyahang pansariling pagpili. Walang linikhang laman ang magmamayabang sa kaniyang sarili sa harap ng tagapag-likha (cf. taga-Efeso 2:9)! Ito ay ang pinakamahalagang katotohanan ng mensahe ni Pablo sa mapagmataas na taga-Corinto at sa nalugmok na sangkatauhan sa pangkahalatan, Hudyo o Hentil (cf. taga-Roma 3:27; taga-Efeso 2:9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas (Kayabangan) sa 5:6.

▣ **"laman"** Ito sa literal ay "laman." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26.

**1:30**
**NASB "sa pamamagitan ng Kanyang pagkilos"**
**NKJV "sa Kanya"**
**NRSV "Siya ay ang pinanggalingan"**
**TEV "Diyos"**
**NJB "sa pamamagitan Niya"**

Ito sa literal ay "nanggaling sa kaniya," na isang Griyegong wikain na nagpapahayag ng Unang Pinagmulan, ang Pangunahing Kumikilos. Ang Ama ang naghatid nito, si Hesus ang nadala nito, at ang Espiritu ang nagpapalakas nito. Ang sumusunod ay isang tala ng mga kaloob ng Diyos sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Kristo.

▣ **"karunungang mula sa Diyos"** Sa pang-Hudyong kaisipan, ang karunungan ay binigyang buhay sa Kawikaan 8:22-31 at taga-Colosas 2:2-3. Ang karunungan ay isang persona. Ang katotohanan ay isang persona. Ang ebanghelyo ay isang persona—si Hesus! (cf. Juan 14:6).

Kung, gayunman, si Pablo ay nagpapahayag ng pilosopikong sangkap sa iglesiya, ngayon, ang *sophia* ay maaaring isang kaugnayan sa kanilang pagmamataas sa kanilang pagkulturang tradisyon (i.e., Plato, Socrates, Aristotle, atbp.). Ito ay

maaaring isang talinghaga mula sa akademya. Ito rin na maaaring isang nagsisimulang Gnosticismo ay makikita sa maraming hilig na pangrelihiyong kapaligiran ng Corinto at maaaring nakapasok na sa iglesiya (cf. 1:18- 2:8; 3:18-23; 8:1-2). Kung ganito nga, kung gayon, ang mga pagpuna ni Pablo sa taga-Colosas ay nauukol (i.e., Kristo, sa Kanyang sarili, ay karunungan, cf. taga-Colosas 1:9; 2:3).

Sa aking pag-aaral, ang lahat ng mga terminong ito ay tumutukoy sa kung ano ang ginawa ni Kristo sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Hesus.

1. Siya ay karunungan ng Diyos sa atin
2. Siya ay katuwiran ng Diyos sa atin
3. Siya ay pagpapaging-banal ng Diyos sa atin
4. Siya ay katubusan ng Diyos sa atin

Ito ay lahat sa Diyos Ama sa pamamagitan ng Diyos Anak.

▣ **"katuwiran"** Ito ay isang talinghaga mula sa hukuman ng kautusan (cf. taga-Roma 3:21-26; II taga-Corinto 5:21). Sa panahon ni Pablo, ang mga rabbi ay inilipat ang semi-personal na karunungan ng Kawikaan 8 sa Kautusan ni Moises. Kung saan ito ay ibinibilang na hantungang awtoridad. Kung si Pablo ay nag-iisip ng pang-Hudyo sangkap sa iglesiya sa Corinto, ito ay isang makapangyarihan at hantungang katawagan.

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; taga-Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. taga-Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. taga-Roma 3:21-31; taga-Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. <u>paghahayag</u> na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. <u>malayang pagbibigay</u> sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. <u>pagkakaloob</u> ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya,

walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. taga-Roma 3:26
   b. II taga-Tesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
   a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
   a. taga-Roma 3:21-31
   b. taga-Roma 4
   c. taga-Roma 5:6-11
   d. taga-Galacia 3:6-14
   e. Ibinigay ng Diyos
      1) taga-Roma 3:24; 6:23
      2) I taga-Corinto 1:30
      3) taga-Efeso 2:8-9
   f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
      1) taga-Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
      2) II taga-Corinto 5:21
   g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
      1) taga-Roma 5:21
      2) taga-II Corinto 5:21
      3) taga-Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
   a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
   b. taga-Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
   c. I Timoteo 6:11
   d. II Timoteo 2:22; 3:16
   e. I Juan 3:7
   f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
   a. Gawa 17:31
   b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos

3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP:

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

▣ **"pagpapaging-banal"** Ito ay isang talinghaga mula sa sistemang pag-aalay ng Israel (cf. taga-Roma 6:19-23). Ito ay mula sa katulad na salitang-ugat gaya ng "banal" o "inilaan." Sa OT ito tumutukoy sa isang tao, lugar, o bagay na inihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos. Sa teolohiya, ito ay tumutukoy sa kalagayan ng mananampalataya kay Kristo. Ang pagkakataon na ang sinuman ay inilagak ang kanyang pananampalataya sa Kanya, siya ay pinawalang-sala at pinapaging-banal (cf. taga-Roma 8:30). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2.

▣ **"katubusan"** Ito ay nangangahulugang "bilhin pabalik" (cf. taga-Roma 3:24). Ito ay isang talinghaga mula sa pamilihan ng mga alipin. Ito ay ang pangunahing konsepto sa OT ng kaligtasan.

## NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN

I. LUMANG TIPAN

A. May dalawang pangunahing legal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.
   1. *Ga'al* (BDB 145, I), na karaniwang nangangahulugang "palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran." Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang taga-tubos" (cf. Job 19:25; Mga Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
   2. *Padah* (BDB 804), na kadalasang nangangahulugang "palayain" o "iligtas"
      a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
      b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Mga Awit 49:7,8,15)
      c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Mga Awit 130:7-8)

B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
   1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
      a. Pang-pisikal
      b. pamlipunan
      c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
   2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpalaya, at pagpapanumbalik.
      a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
      b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
   3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
   4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.
      a. Ama
      b. Asawang lalaki

c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghiganti

Ang katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH's; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.

1. *Agorazō* (cf. I taga-Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
2. *Exagorazō* (cf. taga-Galacia 3:13; 4:5; taga-Efeso 5:16; taga-Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang "sumpa" ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. taga-Efeso 2:14-16; taga-Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
3. *Luō*, "upang palayain"
   a. *Lutron*, "isang halagang kabayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
   b. *Lutroō*, "upang pakawalan"
      (1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
      (2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
      (3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
   c. *Lutrōsis*, "katubusan," "pagkakalaya," o "pagpapalaya"
      (1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
      (2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
      (3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12
4. *Apolytrōsis*
   a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
      (1) Lucas 21:28
      (2) Roma 8:23
      (3) taga-Efeso 1:14; 4:30
      (4) Hebreo 9:15
   b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
      (1) taga-Roma 3:24
      (2) I taga-Corinto 1:30
      (3) taga-Efeso 1:7
      (4) taga-Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikong konsepto ng NT.

1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; taga-Roma 3:10-18; 6:23).
2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. taga-Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. taga-Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II taga-Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6).
4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay "malapit na kamag-anak" na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na many pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!
6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. taga-Roma 8:23; taga-Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad

na Diyos.  Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I taga-Corinto 15:12-19 kasama ang I taga-Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan.  Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

**1:31** Ito ay isang sipi mula sa Jeremias 9:23-24.  Inulit ni Pablo ang siping ito sa II taga-Corinto 10:17.  "Panginoon" sa talata sa Jeremias ay tumutukoy kay YHWH, ngunit dito, kay Hesus!  Ito ay isang karaniwang pamamaraan sa NT upang panindigan ang pagka-Diyos ni Hesus.

Hindi natin ipinagmamayabang ang ating mga sarili, ngunit sa Kanya na ang lahat ng kapuspusan ng pagka-Diyos ay nanananahan sa katawan!  Ang dalawang sipi na ito sa Jeremias ay nagpapakita ng isang kaugnayan sa pagitan ng I taga-Corinto 1-4 at II taga-Corinto 10-13. Ang mga kalaban ay Hudyong sopista na nagmamayabang sa retorikong pamamaraan (cf. Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists).*

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit madalas na binibigyan-diin ni Pablo ang panawagan ng Diyos?
2. Paano matatawag ng Diyos ang makasalanang tao na "banal"?
3. Ano ang layunin ng espiritwal na mga kaloob sa iglesiya?
4. Bakit ang iglesiya sa Corinto ay lubhang may pagkakahati-hati?
5. Paanong ang v. 12 ay maiuugnay sa mga makabagong sekta (denominasyon)?
6. Ibinababa ba ni Pablo ang bautismo sa v. 17?
7. Bakit tinanggihan ng mga Hudyo ang ebanghelyo?
8. Bakit tinanggihan ng mga Griyego ang ebanghelyo?
9. Bakit pinili ng Diyos na gamitin ang mahihinang tao walang panlipunan o intelektuwal na katatayuan upang ipalaganap ang ebanghelyo?

# I MGA TAGA-CORINTO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpapahayag na si Kristo ay Napako sa Krus | Napako sa Krus si Kristo | Napako sa Krust si Kristo | Ang Mensahe tungkol kay Kristo sa Krus | Ang Tunay na Karunungan at ang Bulaan |
| | | | | (1:17-3:4) |
| 2:1-5 | 2:1-5 | 2:1-5 | 2:1-5 | 2:1-5 |
| Ang Kapahayagan ng Espiritu ng Diyos | Espiritwal na Karunungan | Espiritwal na Karunungan | Karunungan ng Diyos | |
| 2:6-16 | 2:6-16 | 2:6-13 | 2:6-12 | 2:6-9 |
| | | | | 2:10-16 |
| | | | 2:13-16 | |
| | | 2:14-16 | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA I TAGA-CORINTO 2:1-16

A. Mayroong ilang sa iglesiya ng Corinto na lubhang intelektuwal ang pag-aankop (i.e., mga tradisyon ng unang siglong retorika). Sa kontekstong ito ng sobrang pagbibigay-diin sa pantaong kaalaman at kagalingan, nagsimula si Pablo sa kabanata 1 na may isang pagbibigay-diin sa biyaya ng Diyos (na gaya ng kanyang ginawa rin sa taga-Efeso 2:1-10). Ngunit, kanyang inamin na ang karunungan at kaalaman ay kasama din sa mga kaloob ng Diyos. Sa kabanata 2, nagpatuloy si Pablo continues sa ganitong paksa sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kapahayagan laban sa pagtuklas ng tao. Gaya ng mga taga-Corinto na hindi maaangkin ang kaalaman na kanilang taglay, gayundin, hindi nila maaangkin ang paraan ng pagtatamo ng ganyang kaalaman.

B. Sa katunayan, ang kabanata 2:1-16 ay isang pagpapalaki ng kabanata 1:18-25.

C. Ang mga talatang 10-16 ay maaaring maunawaan bilang tumutukoy sa maraming mga uri ng espiritwal na kaunawaan o kapahayagan. Ang Diyos ay kumilos upang ihayag ang Kanyang sarili sa atin (i.e., kapahayagan, vv. 10-12); Siya ay pumili ng ilang tao upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga ginawa (i.e., inspirasyon, v.13), at sa katapusan ang Espiritu ay nagbibigay ng kakayahan sa mambabasa ng Bibliya upang maunawaan ang mga

pangunahing katotohanan ng Kanyang kapahayagan (i.e., iluminasyon, vv. 14-16).

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY LIWANAG O ILUMINASYON

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ang tinatawag na kapahayagan. Pumili Siya ng ilang mga tao upang isulat at ipaliwanag ang sariling-kapahayagn na ito. Sa teolohiya ito ang tinatawag na inspirasyon o pagkakasi. Isinugo Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ang tinatawag na pagbibigay liwanag o iluminasyon. Ang problema ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa paguunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon nito?

Bahagi ng problema ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng pruwebang-teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikal na parilya ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi simpleng ipantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng sentral na ideya sa isang talataan, ay hindi pag-interpret sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan na nagdadala na orihinal na sentral na katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o literaturang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang intensyon ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng interpretasyon ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). Mayroon laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga sentral na katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na interpretasyon sa loob ng hangganan ng intensyon ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon.

## NATATANGING PAKSA: INSPIRASYON

Ang "minsang-para sa-lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga pananaw sa mundo na katuruan ng Kristiyanismo (cf. II Pedro 2:21). Ang minsang ibinigay na pagbibigay-diin na ito ay ang biblikal na batayan para sa teolohikong pagtatakda ng mga sulat sa NT at hindi pinahihintulutang ang mga kinalaunang o ibang mga sulat na maituturing na kapahayagan. Mayroong maraming may kalabuan, di-tiyak, at di-maliwanag na bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya pinaninindigan sa pananampalataya na ang lahat ng bagay na "kailangan para sa pananampalataya at kasanayan ay isinama ng may sapat na kaliwanagan sa NT.

Ang konseptong ito ay inilalarawan sa kung ano ang tinatawag na "ang kapahayagang tatsulok"

1. Ang Diyos ay nagpahayag ng Kanyang sarili sa pahanon-kalawakang kasaysayan (KAPAYAHAGAN)
2. Siya ay pumili ng mga tiyak taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Ipinagkaloob Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang kaisipan at puso ng mga tao upang maunawaan ang mga sulat na ito, hindi pangkahulugan, ngunit may kasapatan sa kaligtasan at sa isang mabisang buhay Kristiyano (ILUMINASYON)

Ang punto nito ay ang inspirasyon ay limitado sa manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang karagdagan pang awtoridad na mga sulat, mga pangitain, o mga kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Taglay natin ang lahat na katotohanan na kailangan natin upang tumugon nang nararapat at kalugod-lugod sa Diyos.

Ang katotohanan ay pinakamainam na makikita sa pagkakasundo ng mga manunulat ng Bibliya laban sa di-pagkakasunduan ng matatapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalita ay may antas ng maka-Diyos na pamumuno na gaya ng ginawa ng mga manunulat ng Banal na Kasulatan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO) 2:1-5

**1At ako, mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, ay hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa karunungan, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Diyos. 2Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Hesukristo, at siya na napako sa krus. 3At ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang panginginig. 4At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan: 5Upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Diyos.**

**2:1 "mga kapatid"** Ang katawagang ito para sa mga mananampalataya ay kadalasang ginagamit ni Pablo, nang sinasadya o walang kamalayan, upang ipakilala ang susunod na hakbang sa pagpapakilala ng isang katotohanan o pagpapakilala ng bagong katotohanan (cf. 2:1; 3:1; 4:6; 7:24; 10:1; 11:33; 12:1; 14:6, 20, 35; 15:1, 31, 50, 58; 16:15). Ang termino ay maaaring mangahulugang lalaki at babae ng iglesiya sa Corinto.

▣
**NASB "hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa karunungan"**
**NKJV "hindi dumating na may kagalingan sa pagsasalita o sa karunungan"**
**NRSV "hindi ako dumating sa pangangaral. . .sa matayog na mga salita o karunungan"**
**TEV "Hindi ako gumagamit ng mahahabang salita at dakilang pag-aaral"**
**NJB "Di ako dumating na may kahit anong katalinuhan sa pagtatalumpati o marunong na pangangatuwiran"**

Ipinapahayag ni Pablo ang kanyang pagkakaiba (i.e., Pablo sa Corinto, cf. Mga Gawa 18:1-18) sa mga bulaan na sobra sa pagbibigay-diin sa kaalaman at retorika ng ilang mga taga-Corinto, na naging mga pinuno ng iglesiya kinalaunan. Si Apollos, hindi si Pablo, ay isang mahusay na retoriko at nais nilang gayahin ni Pablo ang kanyang istilo sa pagsasalita sa madla (tingnan si Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*.

Para sa "pagiging mataas" (*huperochē*) tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGGAMIT NI PABLO NG MGA TAMBALANG *"HUPER"*

Si Pablo ay may isang natatanging pagkahilig sa paglikha ng mga bagong salita na ginagamitan ng Griyegong PANG-UKOL *huper*, na ang pangunahing kahulugang ay "lagpas" o "mataas." Kapag ginamit na kasama ang DYENITIBO (ABLATIBO) ito ay nangangahulugang "sa pangalan ng." Ito rin ay maaaring mangahulugan ng "tungkol" o "patungkol," tulad ng *peri* (cf. II Corinto 8:23; II Thesalonica 2:1. Kapag ginamit kasama ang AKUSATIBO ito ay nangangahulugang "mataas," "ibabaw," o "lagpas" (cf. A. T. Robertson, *A Grammar of the Greek New Testament in the Light of Historical Research*, pp. 625-633. Kapag si Pablo ay nagnanais na magbigay-diin sa isang konsepto, siya ay gumagamit nitong PANG-UKOL sa isang tambalan. Ang mga sumusunod ay isang tala ng mga natatanging paggamit ni Pablo sa PANG-UKOL na ito sa mga tambalan.

A. *apax legomenon* (minsan lamang ginamit sa NT)
   1. *Huperakmos*, isang dumaan sa pinakamainam na bahagi ng buhay, I taga-Corinto 7:36
   2. *Huperauxanō*, upang lubhang madagdagan, II taga-Thesalonica 1:3
   3. *Huperbainō*, lagpas na paghakbang o pagsuway, I taga-Thesalonica 4:6
   4. *Huperkeina*, lampas, II taga-Corinto 10:16
   5. *Huperekteina*, higit na magsilampas, II taga-Corinto 10:14
   6. *Huperentugchanō*, upang mamagitan, taga-Roma 8:26
   7. *Hupernikaō*, maging masaganang pagtatagumpay, taga-Roma 8:37
   8. *Huperpleonazō*, maging sa malabis na kasaganahan, I Timoteo 1:14
   9. *Huperupsoō*, upang maitaas ng sukdulan, taga-Filipos 2:9
   10. *Huperphroneō*, magkaroon ng matayog na pag-iisip, taga-Roma 12:3

B. Mga salitang ginamit lamang sa sulat ni Pablo.
   1. *Huperairomai*, upang maitaas ang sarili, II taga-Corinto 12:7; II taga-Thesalonica 2:4
   2. *Huperballontōs*, maatas sa sukatan, lubha, II Corinto 11:23; (PANG-ABAY lamang dito, ngunit PANDIWA sa II taga-Corinto 3:10; 9:14; taga-Efeso 1:19; 2:7; 3:19)
   3. *Huperbolē*, isang lagpas sa pagtubo, isang kagila-gilalas sa baluti (armas), taga-Roma 7:13; I taga-Corinto 12:31; II taga-Corinto 1:8; 4:7,17; 22:7; taga-Galacia 1:13
   4. *Huperekperissou*, lampas sa lahat ng sukatan, taga-Efeso 3:20; I taga-Thesalonica 3:10; 5:13
   5. *Huperlian*, sa pinakamataas na antas o pagiging higit sa lahat, II taga-Corinto 11:5; 12:11
   6. *Huperochē*, katanyagan, kagalingan, I taga-Corinto 2:1; I Timoteo 2:2
   7. *Huperperisseuō,* upang lubhang managana, taga-Roma 5:20 (NA PANGGITNA TINIG, maging masagang mapuno, umaapaw, II taga-Corinto 7:4)

C. Mga salitang ginamit ni Pablo at bihira sa ibang manunulat ng NT
   1. *Huperanō*, lalong mataas, taga-Efeso 1:21; 4:10; at Hebreo 9:5
   2. *Huperechō*, kagalingan, pagiging higit sa lahat, taga-Roma 13:1; taga-Filipos 2:3; 3:8; 4:7; I Pedro 2:13
   3. *Huperēphanos*, mag-akala o mapanghamak, taga-Roma 1:30; II Timoteo 3:2 at Lucas 1:51; Santiago 4:6; I Pedro 5:5.

Si Pablo ay isang tao ng dakilang pag-ibig; kapag ang mga bagay o tao ay mabuti, sila ay lalong mabuti at kung sila ay masama, sila ay lalong masama. Ang PANG-UKOL na ito ay nagpapahintulot sa kanya na ihayag ang kanyang mga sukdulang damdamin patungkol sa kasalanan, sarili, at kay Kristo at sa Ebanghelyo.

▣
**NASB, NKJV "ang patotoo ng Diyos"**
**NRSV, NJB "hiwaga ng Diyos"**
**TEV "ang lihim na katotohan ng Diyos"**

Mayroong isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan dito. Ang Griyegong terminong *musterion* (hiwaga) ay makikita sa MSS $P^{46}$, א *, A, at C. Ang salitang *marturion* (patotoo) ay makikita sa sinaunang kasulatan $א^2$, B, C, D. Kung ito ay "hiwaga," ang konseptong ito ay mailalarawan sa 2:7; taga-Efeso 2:11-3:13; at taga-Colosas 1:26-27, na pagsasama ng mga Hudyo at mga Griyego sa pamamagitan ni Kristo sa isang pamilya (i.e., ang iglesiya). Kung ito ay "patotoo," ito ay maiuugnay pabalik sa 1:6, na siyang kasingkahulugan ng "ebanghelyo." Ang $UBS^4$ ay binibigyan ang "hiwaga" na isang B na antas (i.e., halos tiyak).

Ang terminong "hiwaga" ay kadalasang ginagamit sa unang siglong Koine papyri na matatagpuan sa Ehipto sa isang sanggunian sa bagong pagsisimula ng lihim na kaalaman na makukuha lamang isang natatanging pangkat (i.e., mahiwagang mga relihiyon). Ginamit ni Pablo ang teknikal na terminong ito at ginamit ito na may kaugnaya sa kanila na may Espiritu (i.e., mga mananampalataya) at sa kanilang wala nito. Walang pagkakaiba sa puntong ito sa pagpapakilala ni Pablo sa mga mananampalataya (cf. 3:1). Ang lahat ay itinuturing na "malago" (cf. 2:6).

## NATATANGING PAKSA: HIWAGA O MISTERYO

Ang Diyos ay pinagkaisang layunin para sa katubusan ng sangkatauhan kahit na bago pa ang pagkahulog (cf. Genesis 3). Ang mga pahiwatig ng planong ito ay naihayag sa OT (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; at ang pagkalahatang mga talata sa mga propeta). Gayunman, ang buong pakay na itoay hindi pa maliwanag (cf. I taga-Corinto 2:6-8). Sa pagdating ni Hesus at ang Espiritu ito ay nagsisimula nang maging mas maliwanag. Ginamit ni Pablo ang salitang "hiwaga" upang ilarawan ang kabuuang pangkatubusan na planong ito (cf. taga-Corinto 4:1; taga-Efeso 6:19; taga-Colosas 4:3; I Timoteo 1:9). Gayunman, ginamit niya ito sa maraming magkakaibang kaunawaan:

1. Isang bahagyan pagpapatigas ng Israel ang nagpahintulot sa mga Hentil na maisama. Ang pagdagsang ito ng mga Hentil ay gaganap bilang isang kaparaanan para sa mga Hudyo upang tanggapin si Hesus bilang ang Kristo ng propesiya (cf. taga-Roma 11:25-32).
2. Ang ebanghelyo ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa, na kung saan ang lahat ng kasama kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 16:25-27; taga-Colosas 2:2).
3. Ang bagong katawan ng mga mananampalataya sa Pangalawang Pagdating (cf. I taga-Corinto 15:5-57; I taga-Thesalonica 4:13-18).
4. Ang pagwawakas ng lahat ng bagay kay Kristo (cf. taga-Efeso 1:8-11).
5. Ang mga Hentil at mga Hudyo ay kasamang taga-pagmana (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).
6. Ang malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Kristo at ng Iglesiya ay inilarawan sa mga pangkasal na mga salita (cf. taga-Efeso 5:22-33).
7. Ang mga Hentil ay isinama sa bayan ng kasunduan at nanananahan sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo upang magbunga ng paglagong katulad kay Kristo, ito ay, pagpapanumbalik ng nasirang larawan ng Diyos sa nalugmok sangkatauhan (cf. Genesis 6:5,11-13; 8:21) ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6; taga-Colosas 1:26-28).
8. Ang Anti-kristo sa huling panahon (cf. II taga-Thesalonica 2:1-11).

Ang buod ng hiwaga sa mga unang iglesiya ay matatagpuan sa I Timoteo 3:16.

**2:2 "Ako"** Sa talatang 1-5 tila inihahambing ni Pablo ang kanyang sarili sa

1. kanyang nakalipas na pagpapakilala ng ebanghelyo sa Athenas kung saan siya ay gumamit ng Griyegong lohika, kahit na sa pagsipi ng kanilang mga makata (i.e., ang una ay pinayo ni Origen, cf. Mga Gawa 17:16-34)
2. kanyang pagpapakilala ng ebanghelyo laban sa kanila na nasa Corinto na nagsasalita sa pantaong karunungan at pantaong retorika tungkol sa mga espiritwal ng bagay

▣ **"Hesukristo, at siya na napako sa krus"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI (cf. 1:23). Mayroong dalawang teolohikong aspeto na inihahayag sa PANDIWARI:

1. ang GANAP NA PANAHUNAN ay nagpapakilala na si Hesus ay nananatiling ang isang ipinako sa krus. Kapag nakita natin Siya, Siya pa rin ay magtataglay ng mga pilat. Sila ay naging Kanyang tanda ng kaluwalhatian (tingnan ang tala sa 1:23).
2. ang BALINTIYAK NA TINIG ay ipinapahayag na ang kamatayan ni Hesus ay
   a. sa pamamagitan ng pagkilos ng Ama at Kanyang walang hanggang plano (cf. Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29) sa katubusan (cf. Isaias 53:10)
   b. sa pamamagitan ng kasalanan at panghihimagsik ng tao, kinailangang ang isang hain (cf. taga-Roma 5:14-15,18-19)

Ang mensahe patungkol sa kamatayan ni Kristo para sa sangkatauhan ay ang sentrong mensahe teolohiya ni Pablo. Ang konsepto ng isang nagdurusa at mamamatay na Mesias ay banyaga sa tradisyonal na kaisipan ng mga Hudyo. Ang aspetong ito ng ebanghelyo ang nagsimulang magpabagabag kay Pablo. Paanong ang Isang pinili ni YHWH ay susumpain sa pamamagitan ng Diyos (cf. Deuteronomio 21:23). Ngunit, ito ay bahagi ng OT kapahayagan (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; Zacarias 12:10). Si Hesus, ang di nagkasalang Anak ng Diyos, ay namatay para sa atin (cf. taga-Roma 5:18-19; II taga-Corinto 5:21). Siya ay naging sumpa para sa atin (cf. taga-Galacia 3:13). Si Kristo na napako sa krus para sa lahat ay

ang nakatagong hiwaga ng Diyos (cf. taga-Colosas 1:26-28; 2:2-4).

**2:3 "ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang panginginig"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Exodo 15:16 sa LXX. Ipinapakita ni Pablo sa atin ang kayang mga kakulangan.

1. siya ay natatakot dahil sa kanyang magaspang na pakikitungo sa Filipos, Thesalonica, at Berea (cf. Mga Gawa 16-17)
2. hindi niya nagugustuhan at mga bunga at maaaring kanyang mga pamamaraan na ginamit sa Athenas (i.e., pananaw ni Origen mula sa Mga Gawa 17:22- 34)
3. ang kanyang karamdaman, marahil ay sakit sa mata, na nagdudulot sa kanya ng malaking paghihirap (cf. II taga-Corinto 12:7-9)
4. ang kakulangan ni Pablo sa pananampalataya at pagkahina ng loob habang nasa Corinto

Si Kristo ay kinailangang magpakita kay Pablo nang maraming beses upang palakasin ang kanyang loob (cf. Mga Gawa 18:9-10; 23:11; 27:23). Ang kanyang mga salita at kanyang pisikal na kalagayan ay hindi nagbabaling sa mga tao sa pananampalataya kay Kristo, ngunit ang pagsamo ng ebanghelyo at kapangyarihan ng Espiritu (cf. v. 4; 1:17; II taga-Corinto 10:10).

Isang tulong sa akin bilang isang ministro ng Hesus Kristo na maunawaan na

1. si Hesus ay mayroong ding sariling mga yugto na napanghihinaan ng loob (i.e., Gethsemane)
2. kadalasan na ang mga Apostol ay hindi lubusang nauunawaang ang mga katuruan ni Hesus
3. si Pablo ay nakakaramdam ang pagkatakot at panghihina.

Palagi dapat nating tanggapin ang kahinaan ng ngunit gayundin ang kamangha-manghang kapangyarihan ng ebanghelyo at ang presensya ng Espiritu! Ang katangian at mga pagtustos ng Diyos ay napapalaki sa pantaong kahinaan (cf. 1:26-29; II taga-Corinto 12).

Ang mga kahinaan ni Pablo ang mga mismong bagay na inaatake ng mga bulaang mangangaral sa II taga-Corinto 10-13 kay Pablo. Itinataas nila ang kanilang kalakasan (i.e., edukasyon, panlipunang kalalagayan, espiritwal na kaloob, kasanayan sa pagsasalita). Tila ang mga sulat ni Pablo ay mayroong mas retorikang balangkas (i.e., II taga-Corinto 10-13) at makapangyarihan kaysa sa kanyang mga sinalitang mensahe. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

**2:4**
**NASB "hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan"**
**NKJV "hindi sa mga salitang panghikayat ng pantaong karunungan"**
**NRSV "hindi sa mapanghikayat sa salita ng karunungan"**
**TEV "hindi binigkay na may kasanayang mga salita ng pantaong karunungan"**
**NJB "hindi para manghikayat sa pamamagitan ng pilosopikong pangangatuwiran"**

Mayroong maraming pagkakaiba sa pariralang ito sa Griyegong mga kasulatan.

1. Ang unang suliranin ay nauugnay sa di-karaniwang PANG-URI *peithois* (cf. MSS $P^{46}$, א, A, B, C, D), na hindi matatagpuan saan pa mana sa Septuagint, Koine papyri, o ang NT.
2. Ang iba ay iniisip na ang mga pakakaiba ay hatid ng mga eskriba na di nakikilala ang PANG-URING ito. Maaaring bahagyan nilang binago ang anyo nito sa *peithoi*, na nangangahulugang "paghikayat."
3. Ang ilang Griyegong mga kasulatan ay nagdagdag ng "paghihikayat ng tao" (cf. 2:13 at MSS $א^2$, A, C).
4. Sa ilang mga kasulatan, ang terminong "mga salita" (i.e., *logois* o *logos*) ay nawawala (cf. MSS $P^{46}$, F, G at ang Griyegong teksto ginamit ni Chrisostomo).

Ito ay tila mainam mula sa pangkalahatang konteksto na iugnay ang pariralang ito sa pagtanggi ni Pablo sa pantaong retorika, lohika, at karunungan (cf. 1:17; 2:1,13). Gayunman, ang tiyak na kahulugan ng salitang *peithois* ay nananatiling di-tiyak (tingnan ang NIDNTT, vol. 1, pp. 588-593).

**"sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan"** Ito tumutukoy sa mga nabagong buhay ng nanampalatayang taga-Corinto. Ito rin ay maaaring maiugnay sa pagpapatibay na mga tanda na kadalasan ay dumadalo sa pangangaral ni Pablo ng ebanghelyo (cf. Mga Gawa 13:11; 14:10; 16:18,28; 19:11-12; 20:10). Tingnan ang tala sa malaki o maliit na "s" sa espiritu sa 2:11.

**2:5** Para kay Pablo, ang tanging pag-asa ng sangkatauhan ay ang biyaya ng Ama, ang natapos na gawain ni Anak, at ang kapangyarihan ng Espiritu. Sa ibang salita, ang Diyos mismo ang tanging saligan para sa kaligtasan. Ang kapahayagan ng Diyos, hindi pagtuklas ng tao; karunungan ng Diyos, hindi pantaong kahusayang sa pagsasalita o lohika, ay ang tanging pinanggagalingan ng matibay na paniniwala.

Para kay Pablo, ang ebanghelyo ng Diyos at mga nararapat na pangkasunduang pagtugan ng nalugmok na sangkatauhan (i.e., pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga) ay mga susi sa buhay na walang-hanggan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:6-13

**6 Gayon man, ay nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang: bagaman hindi ng karunungan ng**

**sanglibutang ito, o ng mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito, na ang mga ito'y nangauuwi sa wala: [7]Kundi sinasalita namin sinasalita namin ang karunungan ng Diyos sa hiwaga, ang nakatagong *karunungan*, yaong karunungan na itinalaga ng Diyos, bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaluluwalhati natin: [8]Na hindi napagkilala ng sinomang pinuno sa sanglibutang ito: sapagka't kung nakilala sana nila, ay dising di ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian: [9]Datapuwa't gaya ng nasusulat, ANG MGA BAGAY NA HINDI NAKITA NG MATA, AT NI NARINIG NG TAINGA, NI HINDI PUMASOK SA PUSO NG TAO, ANOMANG MGA BAGAY NA INIHANDA NG DIYOS SA KANILA NA NANGAGSISIIBIG SA KANIYA.**
**[10]Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Diyos. [11]Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Diyos ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Diyos. [12]Nguni't ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Diyos; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Diyos.**
**[13]Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu.**

**2:6 "Gayon man, ay nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang"**
Si Pablo ay maaaring
1. gumagamit ng panunuya dito na nauugnay sa sobrang pagbibigay-diin ng mga taga-Corinto sa pantaong karunungan at kanilang pananawa sa kanilang sariling "paglago" (cf. George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, pp. 383-385)
2. ito ay maaaring maiugnay sa mga bata pa sa pananampalataya ng 3:1-4 na inugnay ni Pablo makamundong naghahati-hating espiritu sa iglesiya
3. Sa taga-Efeso 4:13 ang mismong terminong ito, *teleios*, ay naglalarawang ng mga lumalagong mananampalataya nasalungat sa mga bata (i.e., sa literal, "mga sanggol" taga-Efeso 4:14). Pansinin din ang 14:20; taga-Filipos 3:15 at Hebreo 5:14

Tingnan kung paaano ginamit ang salit sa Hebreo mula sa Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KATAPUSAN O GANAP (*TELOS)*

Ang paghantong na ito ng mga espiritwal na bagay ay pabalik-balik na tema sa Hebreo.
1. *telos* – katapusan, kaganapan (3:6,14; 6:8,11)
2. *teleiōo* – maging ganap
   a. (Hesus) maging ang may-akda ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 2:10)
   b. (Hesus) ginawang maging ganap sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 5:8-9)
   c. ang Kautusan ay walang bagay na ginawa na ganap (cf. 7:19)
   d. ang Anak, ginawang ganap magpakailanman (cf. 7:28)
   e. gawin ang mga mananamba na ganap (cf. 9:9)
   f. gawing ganap yaong mga lumalapit (cf. 10:1)
   g. Ginawa Niyang ganap sa lahat ng panahon yaong mga pinagpaging banal (cf.10:14)
   h. Hiwalay sa atin hindi dapat sila maging ganap (cf. 11:40)
   i. Ang espiritu ng matuwid na tao ay ginawang ganap (cf. 12:23)
3. *teleios* – ang hinog (cf. 5:14)
4. *teleios* – higit na ganap na tabernakulo (cf. 9:11)
5. *teleiotēs* – magpatuloy sa pagiging hinog (cf. 6:1)
6. *teleiōsis* – kung ang pagiging ganap ay sa pamamagitan ng Levitikal na pagkasaserdote (cf. 7:11)
7. *teleiōtēs* – ang may-akda at tagaganap ng pananampalataya (cf. 12:2)

Si Hesus ay nagdadala ng pagkahinog at pagkalubos ng Mosaikong Tipanan ay kailanman hindi magagawa!

▣ **"bagaman hindi ng karunungan ng sanglibutang ito"** Si Pablo ay naninindigan na ang ang pang-Hudyong interbiblikal na konsepto ng dalawang panahon: ang kasalukuyang masamang panahon, na pinangingibabawan ng nalugmok na sangkatauhan, at ang panahon ng katuwiran na darating, na pinangungunahan ng Mesias. Ang pantaong karunungan ng mundo ay karaniwang ipinagpapalagay at nagbabago sa kultura sa ibang kultura at yugto sa ibang yugto. Tingnan ang Natatanging Paksa sa konsepto ng dalawang pang-Hudyong panahon sa 1:20.

▣ **"ng mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito"** Ito ay maaari na ang pariralang ito ay tumutukoy sa mga ranggo ng anghel o Gnostikong mahabang panahon (cf. taga-Roma 8:38-39; taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:12; taga-Colosas 1:16; 2:10,15, BAGD, p. 114, #3; F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 90). Ito ay tila mas kahanay sa kontekstong na ipaliwanag ito bilang mga pantaong pinuno (cf. v. 8; Mga Gawa 3:17; taga-Roma 13:1-2; tingnan si Grant Osborne, *The Hermeneutical Spiral*, pp. 82-83). Mahirap malaman kung Pablo ay nagsasalita sa lubos na pantaong lohika o ang demonyong pagkilos na nasa likod ng pantaong lohika; kapwa ay makikita. Ang mga tao ay nahihikayat dahil sa kanilang pagkalugmok (cf. taga-Roma 12:2; taga-Galacia 1:14; taga-Efeso 2:2), ngunit sila rin ay nahihikay ng presensiya ng higit sa karaniwang kasamaan (i.e., pang-anghel at pang-demonyo, cf. II taga-Corinto 4:4; Daniel 10).

▣

**NASB "na ang mga ito'y nangauuwi sa wala"**
**NKJV "na darating sa pagkawala"**
**NRSV "na tiyak na mapapahamak"**
**TEV "mga kapangyarihan na mawawalan ng kanilang kapangyarihan"**
**NJB "na hindi magtatagal ngayon"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI ng termino na nangangahulugang "na gawin walang bisa" (cf. 1:28; taga-Roma 6:6). Ginamit ni Pablo ang terminong ito ng dalawampu't-pitong beses. Kung ito ay tumutukoy sa pantaong mga kapangyarihan, sila ay mamamatay. Kung ito ay tumutukoy sa mga pang-anghel kapangyarihan, ang panahong ito ay lilipas sa isang bagong panahon ng katuwiran. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Halaga at Walang Kabuluhan (*Katargeō*) sa 1:28.

**2:7 "kundi"** Ito ay isang malakas na KASALUNGAT "*alla*." Ang karunungan at kapangyarihan ni Pablo ay mula sa Diyos.

▣ **"sinasalita namin ang karunungan ng Diyos sa hiwaga, ang nakatagong *karunungan*"** Ang karunungang ito ay mula sa Diyos (i.e., *Theos* ay inuna, o inilagay sa una, sa Griyegong teksto para sa pagbibigay-diin); ito ay lihim na karunungan (i.e., GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, cf. taga-Efeso 3:9); ang hiwagang ito ngayon ay maliwanag na naihayag kay Kristo (cf. taga-Roma 16:25; taga-Efeso 3:3-5; taga-Colosas 1:26). Ang isiniwalat na lihim (i.e., ang ebanghelyo) ay nagbibigay-diin kapahayagan ng Diyos laban sa pantaong pagtuklas (cf. taga-Roma 16:25-26; taga-Efeso 1:9-10; 3:3-5; taga-Colosas 1:26; 2:2-3). Ang pinakamalawak na saklaw ng kahulugan ng hiwagang ito ay nagkaisa ang Hudyo at Hentil sa isang bayan ni Diyos (i.e., ang iglesiya, cf. taga-Efeso 2:11:-3:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Hiwaga sa 2:1.

▣

**NASB "na itinalaga ng Diyos"**
**NKJV "na inutos ng Diyos"**
**NRSV "na pinagpasyahan ng Diyos"**
**TEV "na kanya nang pinili"**
**NJB "na pinili na ng Diyos"**

Bago pa ang paglilikha, ang Diyos ay mayroon ang plano ng katubusan (cf. Mateo 25:34; Juan 17:24; taga-Efeso 1:4; I Pedro 1:20; Pahayag 13:8 at gayundin ang Mga Gawa 2:13; 3:18; 4:28; 13:29). Ang terminong naisalin dito na "itinalaga" ay isang tambalan ng PANG-UKOL na "bago" at "magtakda ng hangganan" (cf. Mga Gawa 4:28; taga-Roma 8:29,30; taga-Efeso 1:5,11).

Ang mga tiyak na mga talata sa predestinasyon sa NT ay taga-Roma 8:28-30; taga-Roma 9; at taga-Efeso 1:3-14. Ang mga tekstong ito ay maliwanag na nagbibigay-diin sa ang Diyos ay nakakahigit sa lahat. Siya ay may lubusang pamamahala sa lahat ng mga bagay, kasama ang pantaong kasaysayan. Mayroon ang isang naunang plano ang diyos sa pagtubos na nagaganap sa panahon. Gayunman, ang planong ito ay hindi nagkataong o pinili lamang. Ito ay batay hindi lamang sa pagkamakapangyarihan at pagkaalam sa simula ng Diyos, ngunit gayundin sa Kanyang di-nagbabagong katangian ng pag-ibig, kahabagan, at di-karapat-dapat na biyaya.

Kailangan tayong maging maingat sa ating kanluraning (Amerikano) indibidwalismo o ating ebandyelikong sigasig na nagkukulay sa kahanga-hangang katotohanang ito. Kailangan din nating magbantas laban sa pagiging may pagkiling sa mga pangkasaysayan, teolohikong tunggalian sa pagitan ni Augustino laban kay Pelegio o Calvinismo laban sa Arminianismo.

Ang predestinasyon ay hindi isang doktrina na ang hangarin ay takdaan ang pag-ibig, biyaya, at kahabagan ng Diyos, o itanggi ang sinuman mula sa ebanghelyo. Ang hangarin nito ay palakasin ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghubog ng kanilang pananawa sa mundo. Ang pag-ibig ng Diyos ay para sa <u>lahat</u> ng sangkatauhan (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay namamahala ng lahat ng bagay. Sino o ano ang makakapaghiwalay sa atin mula sa Kanya (cf. taga-Roma 8:31-39)? Ang predestinasyon ay bumubuo ng isa sa dalawang paraan na makita ang buhay. Nakikita ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang kasalukuyan; ang mga tao ay natatakdaan ng panahon. Ang ating pananaw at kakayahan sa pag-iisip ay limitado. Walang pagsasalungatan sa pagitan ng pagkamakapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao. Ito ay isang pangkasunduang kayarian. Ito ay isa pang halimbawa ng biblikal na katotohanan sa ipinagkaloob sa mga kabalintunaan, dialektiko, puno ng pag-iigting ng mga tambalan. Ang mga biblikal na doktrina ay ipinakilala sa magkakaibang perspektibo. Sila ay kadalasang makikita sa kabalintunaan. Ang katotohanan ay isang pagtitimbang sa pagitan ng mga tila magkakasalungat na tambalan. Hindi dapat nating tanggalin ang pag-iigting sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga katotohanan. Hindi dapat nating ihiwalay ang anumang biblikal na katotohanan sa isang kuwarto ng kanyang sarili.

Ito rin ay mahalagang idagdag na ang layunin ng pagpili (eleksyon) ay hindi lamang langit kapag napatay tayo, ngunit ang pagiging-wangis ni Kristo ngayon (cf. taga-Efeso 1:4; 2:10)! Tayo ay pinili na maging "banal at walang kapintasan." Pinili ng Diyos na baguhin tayo upang ang iba ay maaaring makita ang pagbabago at tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos kay Kristo. Ang predestinasyon ay hindi isang pansariling pribelehiyo, ngunit isang pangkasunduang pananagutan! Tayo ay iniligtas upang maglingkod!

▣ **"bago nilalang ang mga sanglibutan"** Ang pariralang "bago pa ang mga panahon" ay isang OT wikain na tumutukoy sa walang hanggang nakalipas. Ito ay tumutumbas sa terminong *'olam*, na maaaring mangahulugang walang-hanggan, nakalipas o hinaharap. Ito rin ay maaaring magpakilala ng isang limitadong yugto ng panahon. Ito ay kailangang isalin sa konteksto. Ang salin nito ay nauugnay sa kanyang layon (i.e., Diyos, mga pangkasunduang pangako sa OT, buhay sa lupa, ang masama, atbp.).

Ito ay rin ay totoo para sa NT Griyegong mga salin na *aiōn*, *aiōnios*, *eis ton aiōna*, na sinusundan ang salin ng ng *'olam*. Ang Diyos ay walang hanggan, ngunit ang mga pisikal na bagay (i.e., ang mga langit at munda) ay lilipas (cf. II Pedro 3:10). Gaya ng lahat ng salita, ngunit lalo na sa *'olam* at *aiōn,* ang konteksto ay napakahalaga at nagpapasya ng pagsalin.

Para sa mga nakakawiling pagtalakay ng "kawalanghangan" basahin ang *Synonyms of the Old Testament* ni Robert B. Girdlestone, pp. 312-319 at F. F. Bruce's, *Answers to Questions*, pp. 202-203.

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN (*'OLAM)*

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang *'olam*, (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, vol. 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
    a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
    b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
    c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16
    d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Mga Awit 24:7,9; Isaias 46:9
    e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11
2. panghinarap na panahon
    a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
    b. *hyperbole* para sa hari, I Hari 1:31; Mga Awit 61:7; Nehemiah 2:3
    c. nagpapatuloy na pag-iiral
        (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Eccl. 1:4
        (2) kalangitan, Awit 148:6
    d. Ang pag-iiral ng Diyos
        (1) Genesis 21:33
        (2) Exodo 15:18
        (3) Deuteronomio 32:40
        (4) Mga Awit 93:2
        (5) Isaias 40:28
        (6) Jeremias 10:10
        (7) Daniel 12:7
    e. ang kasunduan
        (1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
        (2) Exodo 31:16
        (3) Leviticus 24:8
        (4) Bilang 18:19
        (5) II Samuel 23:5
        (6) Mga Awit 105:10
        (7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
        (8) Jeremias 32:40; 50:5
    f. natatanging kasunduan kay David
        (1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
        (2) I Hari 2:33,45; 9:5
        (3) II Cronika 13:5
        (4) Mga Awit 18:50; 89:4,28,36,37
        (5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3
    g. Ang Mesias ng Diyos
        (1) Mga Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4
        (2) Isaias 9:6
    h. Ang mga batas ng Diyos
        (1) Exodo 29:28; 30:21
        (2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9
        (3) Bilang 18:8,11,19
        (4) Mga Awit 119:89,160

(5) Isaias 59:21

i. Ang mga pangako ng Diyos
   (1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51
   (2) I Hari 9:5
   (3) Mga Awit 18:50
   (4) Isaias 40:8

j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako
   (1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4
   (2) Exodo 32:13
   (3) I Cronika 16:17

k. Tipanang kapistahan
   (1) Exodo 12:14,17,24
   (2) Levitico 23:14,21,41
   (3) Bilang 10:8

l. walang hanggan magpakailanman
   (1) I Hari 8:13
   (2) Mga Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13
   (3) Isaias 26:4; 45:17
   (4) Daniel 9:24

m. anuman ang sinabi ng Mga Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman
   (1) magbigay pasasalamat, Mga Awit 30:12; 79:13
   (2) Manahan sa Kanyang presensya, Mga Awit 41:12; 61:4,7
   (3) magtiwala sa Kanyang awa, Mga Awit 52:8
   (4) purihin ang Panginoon, Mga Awit 52:9
   (5) umawit ng mga papuri, Mga Awit 61:8; 89:1
   (6) idiklara ang Kanyang katarungan, Mga Awit 75:9
   (7) dakilain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 86:12; 145:2
   (8) pagpalain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon ("mula sa magpakailanman hanggan sa magpakailanman")
   a. Mga Awit 41:13 (papuri sa Diyos)
   b. Mga Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)
   c. Mga Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremias 7). Maging maingat sa pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

▣ **"sa ikaluluwalhati natin"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*)

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang katagang "kaluwalhatian" ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng "ang katwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; at Bilang 14:10.

**2:8 "kung"** A. T. Robertson, sa *Word Pictures in the New Testament*, p. 85, ay tinawag itong isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na "salungat sa katotohanan." Isang hindi tamang pahayag na ginagawang kapansin-

pansin ang isang maling konklusyon, "Kung ang mga namumuno ng panahong ito ay naunawaan (i.e., GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG), na hindi naman, kung gayon, di nila ipinako sa krus (i.e., AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ang Panginoon ng kaluwalhatian, na kanilang ginawa."

▣ **"ang Panginoon ng kaluwalhatian"** Ang pariralang ito ay ginamit kay YHWH sa Mga Gawa 7:2; taga-Efeso 1:17 at marahil ay isang pagkabanggit sa Exodo 24:16. Isang katulad na parirala ay ginamit kay Hesus sa Santiago 2:1. Ito ay isa pang halimbawa ng mga may-akda ng NT sa paggamit ng isang titulo kay YHWH para kay Hesus at, sa gayong paraan, ipinapahayag ang Kanyang pagkatumbas kay YHWH (cf. II taga-Corinto 4:6).

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)
  1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Mga Awit 50:1).
  2. Sa Canaanite na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
  3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
     a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
     b. *El-Roi* ("Ang Diyos na nakakakita" o "Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
     c. *El-Shaddai* ("Makapangyarihang Diyos" o "Diyos ang Lahat ng Pagkahabag" o "Ang Diyos ng Kabundukan," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
     d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
     e. *El-Berit* ("Ang Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46
  4. Ang *El* ay itinutumbas sa
     a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
     b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
     c. *Shaddai* in Genesis 49:25
     d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
     e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:31;
     f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemiah 1:5; 9:32; Daniel 9:4
     g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
     h. "aking matatag na kanlungan" sa II Samuel 22:33
     i. "aking tagapaghiganti" sa II Samuel 22:48
     j. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
     k. "lakas" sa Isaias 10:21
     l. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
     m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
     n. "ganti" sa Jeremias 51:56
  5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
  1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Mga Awit 18:13).
  2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
     a. *Elohim* – Mga Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
     b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
     c. *El-Shaddai* – Mga Awit 91:1,9
     d. *El* – Bilang 24:16
     e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
  3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
     a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
     b. Balaam, Bilang 24:16
     c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
     d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Mga Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteisko)
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
   a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
   b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Mga Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; taga-Roma 11:36; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Mga Awit 103).

   Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.
2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
   a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"
   b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)
   c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"
   d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"
   e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")
   f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"
   g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"
   h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP

na diwa, "Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati" o "Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in ang Lumang Tipan*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.

(1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
(2) *Yahu* ("iah" katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
(3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "puno," "husband," "panginoon"—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng "panginoon." Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.
4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
   c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
   e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
   g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Mga Awit 23:1
   h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

**2:9 "gaya ng nasusulat"** Ito ay isang Hebreong wikain (i.e., GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG) para sa pasimula ng isang sipi sa OT. Si Clemente ng Roma (i.e., Ang Unang Sulat ni Clemente sa mga taga-Corinto XXXIV), na isinulat noong A.D. 95, ay sinabing ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 64:4 o maaaring isinama sa 65:17 (cf. Isaias 52:15 at Jeremias 3:16). Sina Origen at Jerome ipinagpalagay na si Pablo ay sumipi mula sa isang di-kanonikong aklat na tinatawag na *Apocalypse of Elijah*, na halos lubusan nang nawala. Ang katotohanan ay ang sipi/pagkabanggit na ito ay hindi umaakma sa batid na teksto sa OT (totoo din sa Mateo 2:23; Juan 7:38; Santiago 4:5).

Ang Diyos ay kumikilos sa mga paraan na hindi iniakala ng mga tao (cf. Isaias 55:8-9), ngunit ngayon, sa pamamagitan ng ebanghelyo at ang Espiritu sila ay maaari na sa pamamagitan ng pananampalataya! Anong isang kahanga-kangang pangako!

▣ **"PUSO"** Tingnan ang Natatanging Paksa at 14:25.

**2:10 "ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu"** Ang Ama, sa pamamagitan ng Espiritu, ay inalis ang tabing (i.e., *apokaluptō,* AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ng nakatagong hiwaga kay Kristo. Ang lahat ng karunungan ay kay Kristo (cf. 1:18-25,30).

Pansinin ang Trinidad na Diyos sa vv. 8-10: ang ipinako sa krus na Panginoon ng kaluwalhatian (i.e., Hesus), Diyos (i.e., ang Ama), at ang Espiritu.

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

A. Ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26
B. Mga Gawa – Mga Gawa 2:32-33, 38-39
C. Pablo
   1. taga-Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I taga-Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II taga-Corinto 1:21; 13:14
   4. taga-Galacia 4:4-6

5. taga-Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
6. I taga-Thesalonica 1:2-5
7. II taga-Thesalonica 2:13
8. Tito 3:4-6

D. Pedro – I Pedro 1:2
E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7

B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   4. Zacarias 3:1-2

C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga sangkap

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noong A.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag.

▣ **"sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Diyos"** Ang pagbibigay-diin dito ay sa ang ganap na persona ng Espiritu (cf. Isaias 63:10; taga-Efeso 4:30). Ang Espiritu ay ating tanging paraan na makilala ang Diyos (cf. taga-Roma 8:26-27; 11:33-36). Ito ay ang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa buong konteksto na ang mga pantaong pamamaraan ay walang kakayahang makilala ang Diyos o ang mga bagay (i.e., mga plano) ng Diyos. "Malalim" ay isang talinghaga na (1) napakalalim na kabaliktaran ng mababaw o (2) nakatago na hindi maaabot ng kakayahan o pagtuklas ng sangkatauhan. Ang gawain ng Espiritu ay napakahalaga sa pag-uudyok, kaligtasan, at pamumuhay na katulad ni Kristo (cf. Juan 16:7-14).

Ang pariralang "ang malalalin na mga bagay ng Diyos" (NKJV) ay maaaring naging isang islogan ng isa sa mga pangkat sa Corinto. Ang mga malalalim na bagay ng Diyos ay makukuha ng lahat na gumaganap ng pananampalataya kay Kristo. Wala nang nakatagong lihim ngayon. Ang ebanghelyo ay inihayag sa lahat na tatanggap. Wala nang "mga malalalim na bagay," walang elitismo, walang pagtatangi!

Ang kahanga-hangang katiyakang ito ng pagtutustos at pagkalinga ng Diyos ay sinasamantala ng mga nahuling Gnostiko, na nag-aangkin dito bilang isang patunay na teksto para sa natatanging kaalaman (e.g., ang di-kanoniko at Gnostikong aklat ng *Ascension of Isaiah*).

## NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monotheism*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay nakatala.

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)

5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*) (cf. taga-Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. taga-Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I taga-Thesalonica 5:19)

Ang mga talatang Trinidad ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II taga-Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Mga Gawa 15:28
2. taga-Roma 8:26
3. I taga-Corinto 12:11
4. taga-Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang bagong kabanata. Palaging na kay Hesus ang Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin!

**2:11-12** Ito ay isang halimbawa ng nakalipas nang ihayag na katotohanan. Pansinin ang una at pangatlong paggamit ng "espiritu" sa talatng ito na may isang maliit na "s," habang ang pangalawang paggamit ng "Espiritu" ay may isang malaking "S." Sa Griyegong teksto, walang paraan na maibukod ang mga malalaking titik, samakatuwid, ito ay ang pagbibigay-kahuluga ng mga tagapagsalin. Ang malaking "S" ay tumutukoy sa Banal na Espiritu at isang maliit na "s" sa pantaong espiritu (cf. 6:18; taga-Roma 8:16; II taga-Corinto 2:13; 7:13; 12:18; taga-Galacia 6:18; taga-Filipos 4:23). Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 20:27.

**2:12 "ang espiritu ng sanglibutan"** Ito ay isa pang pakahulugan ng terminong *kosmos* (i.e., mundo, tingnan ang Natatanging Paksa sa3:21b-22), pantaong lipunan binuo at gumagawa na walang Diyos (lubhang karaniwan sa mga sulat ni Juan). Ngayon ating itong tinatawag na "ateistikong humanismo" (cf. v. 6). Ito rin ay tinatawag na "espiritu ng pagkaalipin" sa taga-Roma 8:15.

▣ **"upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Diyos"** Ang mga mananampalataya ay mauunawaan ang ebanghelyo ni Kristo at kanilang mga pagpapala sa Kanya sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu.

Ito ay walang dudang katotohanan na sa kanilang nalugmok at pansamantalang kalalagayan, kahit na ang mga mananampalataya ay hindi lubusan, puspusang makikilala angDiyos, ngunit maaaring malaman at maunawaan ang lahat ng bagay na kinakailangan para sa kaligtasan at maka-Diyos na na pamumuhay sa pamamagitan ng kapahayagan ng Ama, ang persona at gawa ng Anak, at ang iluminasyon ng Espiritu. Dahil ang pagkaalam ng lahat ng bagay, ay di dahilan upang di yakapin ang mga maliwanag ng katotohanan ng Bibliya at lumakad sa kanila.

Ito rin ay napakahalaga na ang mga mananampalataya ay kinikilala ang ang karunungan ng Diyos "malayag ipinagkaloob" (cf. taga-Roma 8:32). Ito ay isang kaloob ng Diyos na nais Niyan ibigay sa lahat ng mga tao na nalikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27), ngunit ngayon, dahil sa paghihimagsik ay naihiwalay mula sa Kanya (cf. Genesis 3). Ang karunungang sa Diyos ay hindi bunga ng pantaong katalinuhan, panlipunang kakakayuan, o kahusayan, ngunit ang kapahayagan ng pag-ibig at kahabagan ng Diyos sa pamamagitan ng gawa ni Kristo at ang pagkilos ng Espiritu. Bago kay Kristo, ang kamangmangan ay kusa! Ang Banal na Espiritu ay nagdudulot ng liwanag, katotohanan, at kaligtasan. Ang espiritu ng mundong ito ay nagdudulot ng kadiliman, kadayaan, at kamatayan.

**2:13 "Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita"** Mahalaga na ang mga mananampalataya ay ibinabahagi ang mga katotohanang ipinagkaloob ng Diyos. Sila ay buhay at liwanag sa isang napahamak at mamamatay na mundo, isang minahal na mundo na tinubos kung sila lamang ay tatanggap sa Anak ng Diyos, ang katotohanan ng Diyos! Ang kapahayagan, una sa lahat ay pangkatubusan (cf. II Timoteo 2:15) at pagkatapos ay pagbabago (cf. II Timoteo 3:16-17).

▣

**NASB** **"sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang *mga bagay* na ayon sa espiritu sa mga *pananalitang* ayon sa espiritu"**

**NKJV** **"na itinuturo ng Banal na Espiritu, hinahambing ang mga bagay na espiritwal sa espiritwal"**

**NRSV** **"tinuruan ng Espiritu, binibigyang kahulugan ang mga bagay na espiritwal sa mga espiritwal"**

**TEV** **"hindi tayo nagsasalita sa mga salita na naituro sa pamamagitan ng pantaong karunungan, ngunit sa mga salitang itinuturo sa pamamagitan ng Espiritu"**

**NJB** **"sa mga terminong natutunan mula sa Espiritu, inaakma ang espiritwal na wika sa espiritwal na mga bagay"**

Ito ay isang lubhang may kalabuang parirala sa maraming kadahilanan. Bago tangkaing suriin ito, tandaan na ang mas malaking konteksto ay ang susi at hindi ang mga mga malabong detalye ng Griyegong gramatika o palawikain. Ang mas malaking konteksto ay inuugnay sa malagong mga mananampalataya (cf. v. 6). Pinag-iiba nito ang pantaong karunungan at kaalaman sa karunungan ng Diyos, na si Kristo, at kaalaman ng Diyos, na naihayag sa ebanghelyo. Ito ang pangunahing katotohanan ng mga kabanata 1 at 2.

Ang Banal na Espiritu ay isang kinakailangang paraan ng komunikasyon (cf. Juan 16:8-14). Kanyang ipinapakita ang espiritwal na mga katotohanan sa kanilang nagtiwala kay Kristo at tumangga ng panananahan ng Espiritu. Sa ilang paraa, ang pagtalakay ni Pablo dito ay katulad ng sa parabula ni Hesus sa naghahasik o mga lupa (cf. Mateo 13). Ang mensahe ng ebanghelyo ay naunawaan at tinugon ng mga tagapakilinig na handang tumanggap, ngunit tinatanggihan ng mga di-handang tumanggap ng mga tagapakinig.

Ang terminong *pneumatikois* ay WALANG KASARIAN (i.e., espiritwal na mga bagay) o PANGLALAKI (i.e., espiritwal na mga tao). Ang ibang mga pangkat ng tagapakinig ay nabanggit sa susunod na talata, *psuchikos* (i.e., ang naligaw o napahamak na tao). Ito ay maaari na nag ang termino sa v. 13 ay tumutukoy sa espiritwal na mga tao. Ito ay ang parehong pangkat na naunang nabanggit sa v. 6 (i.e., *teleiois*, ang lumalago o lumalakas na mga mananampalataya) gayundin sa v. 15 (i.e., kung saan sila ay tinawag na *pneumaikos*). Tila may tatlong pangkat ng mga na tinutukoy sa kontekstong ito.

1. napahamak na tao
2. naligtas, ngunit di-lumalagong mga mananampalataya
3. lumalagong mga mananampalataya

Kadalasang walang makikitang pagkakaiba sa pagitan ng # 1 at #2.

Kung magkagayon, ngayon, paano ipinagbibigay-alam ng Espiritu ang mga espiritwal na katotohanan? Ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI, *sunkrinontes*, ay ginamit sa Septuagint para sa pagpapaliwanag ng mga panaginip (cf. Genesis 40:8,16,22; 41:12,15; Hukom 7:15; Daniel 5:12; 7:15,16). Gayunman, ang katulad na Griyegong salita ay ginamit lamang dito at sa II taga-Corinto 10:12 sa NT na may karaniwang diwa nito ng "paghahambing." Ganyang-ganyan kung paano ang Espiritu ay makapagbigay-alam ng katotohanan sa espiritwal na tao ay may kalabuan at dahil dito, hindi dapat tayo maging dogmatiko o mahigpit sa pagbibigay-kahulugan sa tekstong ito. Ang dakilang katotohanan ay ang Banal na Diyos ay naghahangad at isinasakatuparan pagbibigay-alam sa nalugmok na sangkatauhan (cf. v. 12). Ang Diyos ay nagsasalita, tayo ba ay nakikinig?

Mayroong isang nakakawiling artikulo sa "Kapahayagan at Banal na Kasulatan" sa *Expositor's Bible Commentary*, vol. 1, pp. 461-462. Heto, ngunit sa isang talata.

> "Para sa mga manunulat sa NT, kapahayagan ay may kinalaman katotohanan. Ang katotohanan ay isang katungkulan ng wika. Sa ganitong paraan, ang kapahayagan at Banal na Kasulatan ay magkasamang nakakabit teolohiya ng NT. Ang kaganapan at pagbibigay-kahulugan ay magkasama. Ang NT kapahayagan gaya ng pagpapatungkol ni kay Hesus Kristo ay kinapapalooban ng di lamang abstract at walang hanggang mga katotohanan sa etika o pansariling mga karanasan ng mga disipulo, ngunit ito ay mayroong kinalaman sa mga pangyayari na tiyak, partikular, at tunay. Ang apostolikong pahayag at pagbibigay-kahulugan ng mga pangyayari ay ang katotohanan ng paksa. Ang mga manunulat ay ninais na ihatid sa mga mambabasa kung ano ang tunay na nangyari—yan ay, upang ihayag ang nangyayari sa mga bagay nagaganap. Anumang pagpaparatang ang maaaring gawin labansa sa mga manunulat ng NT writers ayon sa kanilang pang-rehiyong paniniwala, kailangan nating kilalanin na ang kanilang pag-aangking sila ang nagbibigay satin ng kapahayagang galing sa Diyos ay nahahayag sa pantaong wika (I taga-Corinto 2:13)."

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:14-16

**14 Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. 15 Nguni't ang sa espiritu ay nagsisiyasat sa lahat ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman. 16 Sapagka't SINO ANG NAKAKILALA NG KAISIPAN NG PANGINOON, UPANG SIYA'Y TURUAN NIYA? Datapuwa't nasa atin ang kaisipan ni Kristo.**

**2:14**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang taong ayon sa laman"** |
| **NKJV** | **"taong ayon sa laman"** |
| **NRSV** | **"silang mga di-espiritwal"** |
| **TEV** | **"ang taong walang Espiritu"** |
| **NJB** | **"ang personang ayon sa laman"** |

Ito ay ang kasalungat ng isang "espiritwal na tao" na tinutukoy sa 2:6,13 at 3:1. Ang termino (i.e., *psuchikos*) ay ginamit nang maraming beses sa NT kung saan ito ay tumutukoy sa buhay sa mundo, buhay nabuhay kaugnay ng limang pandama lamang (i.e., *bios*, buhay laban sa *zoē*, buhay). Ang *ikos* na katapusan ay nagangahulugang "nagpapakilala ng" (cf. 3:3). Ito ngayon ay maaaring mangahulugang makamundo laban sa makalangit o di-espiritwal laban sa espiritwal (cf. I taga-Corinto 15:44,46; Santiago 3:15; at Judas v. 19).

▣
**NASB "hindi tumatanggap"**
**NKJV, NRSV "hindi tinatanggap"**
**TEV "hindi matatanggap"**
**NJB "walang lugar para sa"**

Ang Griyegong salungat na terminong ito ay nangangahulugang "tinatanggi," "ayawan," "hindi maunawaan," o "walang makuhang kahulugan." Ito terminong walang salungat ay kadalasang ginagamit sa pagtatanggap ng isang panauhin. Ang terminong ito (i.e., *dechomai,* cf. Lucas 8:13; Mga Gawa 8:14; 11:1; 17:11; II taga-Corinto 11:4; I taga-Thesalonica 1:6; Santiago 1:21) ay kasingkahulugan ng *lambanō* (cf. Juan 1:12; 12:48; 14:17). Hindi ito tumutukoy sa pantaong kamangmangan, ngunit sa kawalang kakayahan sa pagkaunawa ng espiritwal katotohanan!

Ito ang hiwaga paano/bakit ang ilang nakikinig sa ebanghelyo tumutugon at ang iba ay hindi. Ang pagtanggi bang ito ay nauugnay sa predestinasyon o pantaong pagpapasiya? Ang sagot ay "oo," ngunit kung papaanong tiyakan na dalawang ito ay magkaugnay ay bahagi ng isang dialektikong kalikasan ng kapahayagan mismo (cf. taga-Filipos 2:12-13, tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 8:16-17). Nagustuhan ko ang sinabi ni Frank Stagg, sa *New Testament Theology*, "sa Bagong Tipan, ang kasalungat ng eleksyon ay hindi di-eleksyon, ngunit ang pagtanggi ng tao sa kaligtasan ng Diyos" (p. 87).

▣ **"kamangmangan"** Tingnan ang tala sa 1:25.

▣ **"ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu"** Ito ay isang legal na termino na nagsasabi ng panimulang lubusang pagsusulit bago ang isang paglilitis (cf. Lucas 23:14; Mga Gawa 12:19; 24:8; 25:26; 28:18) o siyasatin ang anumang bagay na may pag-iingat (i.e., ang Banal na Kasulatan, cf. Mga Gawa 17:11; pagkain, cf. I taga-Corinto 10:25,27). Ang katulad na salitang ito ay makikita pa nang dalawang beses sa v. 15.

▣ Ang mga mananampalataya na pinananahanan ng Espiritu ay may kakayahang humatol nang marapat sa mga bagay na kapwa pisikal at espiritwal (cf. 1:22-25 at 2:2, gayundin ang talang 14:29 at I taga-Thesalonica 5:20-21). Gayunman, ang di-espiritwal ng v. 14 ay hindi wastong mababatid ang mga espiritwal na bagay, espiritwal na katotohanan, o espiritwal na tao.

**2:15 "at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman"** Ito, na tiyak, ay ang panlahat na PANGLALAKING anyo. Ang mga mananampalataya hindi maaaring hatulan, oo, kahit na lubusang maunawaan, ng mga di-mananampalataya (cf. 4:3-4). Ito ay maaaring maging isang sanggunian sa ilan sa mga kaaway ni Pablo sa Corinto (cf. 9:3). Ang panananahan ng Espiritu ang nagdadala ng liwanag ng ebanghelyo sa katotohanan, hindi sa katotohanan ng mundong ito o pisikal katotohanan, ngunit katotohanan ng Diyos!

**2:16** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 40:13 sa Septuagint. Sa Isaias 40:3 ang terminong "PANGINOON" ay ang pang-Diyos na pangalan ni YHWH, ngunit dito, ginagamit ni Pablo ang sipi na tumutukoy kay Hesus (gayundin ang tala sa taga-Roma 10:13 at taga-Filipos 2:10-11).

Ito ay nagpapatuloy na kontekstwal na pagbibigay-diin sa pangangailangan sa Espiritu ng mga tao upang "marinig" ang ebanghelyo at upang maunawaan ang espiritwal katotohanan. Ang kontekstong ito at Juan 14-16 ay napakahalaga sa pagkaunawa ng gawain Espiritu ng Diyos.

Kung wala ang Espiritu, ang nalugmok na sangkatauhan ay umaas sa mga haka-haka, mga kathang-isip, kahit na ang mga kabulaahaan na galing sa demonyo! O, ang sakuna ng mga relihiyon ng mundo at pantaong pilosopiya.

▣ **"Datapuwa't nasa atin ang kaisipan ni Kristo"** Ang PANGHALIP "tayo" ay pagbibigay-diin! Ito ay maaaring tumutukoy (1) kay Pablo at sa kanyang mga kasamahan; (2) sa mga Kristiyanong mangangaral; o (3) sa mga malalagong Kristiyano. Hindi ito nangangahulugan na ang mga mananampalataya ay nalalaman lahat kay Kristo, ngunit ang Espiritu ay binuksan ang kanilang mga isipan para sa Kanyang perspektibo, mga unang bagay sa Kanya, Kanyang puso (cf. taga-Roma 12:2; taga-Filipos 2:5).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ibigay ang kahulugan ng paggamit ni Pablo ng salitang, "hiwaga" sa kontekstong ito.

2. Ano ang ibig-sabihin ni Pablo na siya ay dumating sa pagkatako at labis na pagkayanig papuntang Corinto?
3. Ano ang katunayan na ang pangangaral ni Pablo ay pinapalakas ng Diyos?
4. Bakit ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay nag-aatubiling ilarawan ang langit o impiyerno ng detalyado?
5. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng "kapahayagan," "inspirasyon," at "iluminasyon."
6. Itala ang tatlong magkakaibang paraan na ginamit ni Pablo ang terminong "espiritu" sa kabanatang ito.
7. Itala ang naiibang mga paraan na ginamit ni Pablo ang terminong, "karunungan," sa kabanatang ito.
8. Tingnan ang v. 13 sa maraming mga salin sa Ingles. Ano sa palagay mo ang tinuturo ng talatang ito?

# I MGA TAGA-CORINTO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kasamang Manggagawa para sa Diyos | Ang Sectarianismo ay Karnal | Pagtatalo ng mga Pinuno | Mga Lingkod ng Diyos | Ang Tunay na Karunugan at Bulaan |
| | | | | (1:17-3:4) |
| 3:1-9 | 3:1-4 | 3:1-4 | 3:1-4 | 3:1-4 |
| | Pagdidilig, Paggawa, at Pagbababala | | | Ang Lugar ng Kristiyanong Mangangaral |
| | 3:5-17 | 3:5-9 | 3:5-9a | 3:5-9 |
| | | | 3:9b-15 | |
| | | Mangangaral at Iglesiya sa Ilalim ng Diyos | | |
| 3:10-17 | | 3:10-15 | | 3:10-15 |
| | | 3:16-17 | 3:16-17 | 3:16-17 |
| | Iwasan ng Makamundong Karunungan | | | Pangwakas (3:18-4:13) |
| 3:18-23 | 3:18-23 | 3:18-23 | 3:18-23 | 3:18-23 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA I TAGA-CORINTO 3:1-23

A. Sa kabanatang ito, si Pablo ay nagpapatuloy na linangin ang katangian ng mga Kristiyano sa Corinto bilang di-lumalago gaya ng sa kabanata 2.

B. Ang mga pangkat na tumutuon sa personalidad na nabanggit sa kabanata 1 ay binanggit mula ng tiyakan sa kabanata 3. Nagpapakita ito na ang mga kabanata 1-3 ay isang nagpapatuloy na pangangatuwiran patungkol sa pantaong karunungan at Kristiyanong pamumuno.

C. Tandaan ang tatlong pangkat.
   1. natural na tao, 2:1

2. espiritwal na man, 3:1
3. sanggol kay Kristo, 3:1

D. Ang mga talatang 10-17 ay matagal nang ipinagpapalagay bilang paglalarawan sa indibidwal, mga karnal na Kristiyano. Ito ay maaaring pamamagitan ng paghahambing ng mas malaking konteksto of 1:12 hanggang 3:4-5. Ang isa pang katunayan para sa pananawa na ito ay ang pagsasalita ni Pablo ay sa iglesiya (PANGMARAMIHAN "kayo") sa vv. 1 at 16. Ang inuulit na paggamit ng "bawat-isa," "walang sinuman," "sinuman" sa vv. 10,11,12,13, 14,15, 17,18 ay nagbibigay din ng pagtitiwala sa ganitong pagbibigay-kahulugan.

Gayunman, maaari ding maiugnay ang tekstong ito sa mga pinuno sa iglesiya (cf. v. 10). Ang maliliit na pangkat ay hindi tumutukoy sa lahat ng mga Kristiyano sa Corinto (i.e., mature of 2:6), ilan lamang sa kanila (i.e., "mga tao ng laman," "mga sanggol kay Kristo," 3:1). Ito ay mga pinuno ng mga pangkat na naghahambing kay Pablo ay sa kanyang sarili at kay Apollos sa 3:6-9. Ang kagyat na konteksto maiuugnat sa vv. 10-15 sa mga pinuno, kung papaanong kanilang ginamit ang kanilang espiritwal na mga kaloob sa paglilingkod sa iglesiya. Ito ang katotohanan ng babala sa v. 17.

Napakahirap na magpasya sa pagitan ng ang dalawang pananaw: (1) ang NT hindi tinatalakay ang espiritwal na kalalagayan at mga kinahahantungan ng karnal na mga Kristiyano at (2) ang "pagkawasak" sa v. 17 ay hindi maliwanag. Ang mga talatang 15 at 17 ay kailangang tanganan sa pag-iigting. Ang lahat ng "mga kung" sa kontekstong ito ay UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo para sa mga layunin ng may-akda. Ang talatang 14 ay ipinagpapalagay na sila ay tunay na mga mananampalataya, habang ang v. 15 ay ipinagpapalagay na ang ilan ay nagdurusa sa pagkawala ng lahat ng gatimpala. Ang termino para sa "pagsusulit" sa v. 13 ay nagpapahiwatig ng isang pagsusulit na magbubunga sa pagsang-ayon. Gayunman, ang konteksto ay nagpapahiwatig na si Pablo ay pinaparatangan sila ng hindi pagkaunawa sa ebanghelyo, sa pagiging di-espiritwal, mapanibughuin, at nagkakanya-kanya.

Ito ay tila mainam sa akin na hindi maiugnay ang tekstong ito sa lahat ng mga Kristiyano, ngunit gayundin, ni itakda ito sa mga pinuno. Ang tekstong ito tiyakang maiuugnay sa kanilang nagtataguyod ng mga pagkakahati-hati at pangkatin sa loob ng iglesiya. Ang lahat ng mga mananampalataya ay magbibigay ng isang pagsusulit sa Diyos sa kanilang paglilingkod o pagpinsala sa Kanyang katawan, ang iglesiya (cf. II taga-Corinto 5:10; taga-Galacia. 5:10).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-4

**[1]At ako, mga kapatid, ay hindi nakapagsalita sa inyo na tulad sa mga espiritwal na tao, kundi tulad sa mga taong nasa laman, tulad sa mga sanggol kay Kristo. [2] Binibigyan ko kayo ng gatas para inumin, at hindi ng lamang-kati; sapagkat kayo ay wala pang kakayahang *tanggapin ito*: wala, na ngayon pa man ay wala kayong kaya; [3]Sapagka't kayo ay mga sa laman pa: sapagka't samantalang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi baga kayo ay mga sa laman, at kayo ay nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao? [4]Sapagka't kung sinasabi ng isa, Ako'y kay Pablo; at ng iba, Ako'y kay Apolos; hindi baga kayo ay mga tao?**

**3:1 "mga kapatid"** Tingnan ang mas buong tala sa 2:6.

▣ **"hindi nakapagsalita sa inyo"** Ito ay isang AORIST MAY PAHIWATIG at isang AORIST PAWATAS, na tumutukoy sa panimulang pangangaral ni Pablo sa Corinto (cf. Mga Gawa 18:1-18).

▣
**NASB "na tulad sa mga espiritwal na tao"**
**NKJV, NRSV "na tulad sa espiritwal na bayan"**
**TEV "sa mga tao na may Espiritu"**
**NJB "gaya ng espiritwal na bayan"**

Kanino ipinapahayag ni Pablo ang mga talatang ito: (1) lahat ng ang mga mananampalataya o (2) ang di-lumalago sa espiritu (i.e., ang mga pagkakahati-hati cf. v. 4)? Ang sagot sa tanong na ito ay kinapapalooban ng kung paano bibigyang kahulugan ang 2:6. Mayroon bang pinangungunahan ng Espiritu, malalagong mga mananampalataya sa iglesiya sa Corinto o lahat sila ay hindi lumalago?

▣ **"kundi"** Ito ay ang malakas na ADVERSATIVE *alla*. Mayroong ay isang kasalungat sa pagitan ng ang "lumalago" of 2:6 (i.e., espiritwal na tao) at ang "tao ng laman" sa 3:1-4. Kapwa mga pangkat ay may Espiritu (i.e., ay mga Kristiyano), ngunit ang una ay makikilala sa Espiritu, habang ang pangalawang pangkat ay makikilala sa kamunduhan.

▣

**NASB "mga taong nasa laman"**
**NKJV "gaya sa karnal"**
**NRSV "gaya ng mga taong nasa laman"**
**TEV "gaya ng sila'y kabilang sa mundong ito"**
**NJB "gaya ng mga taong nabubuhay sa kanilang mga likas na kagustuhan"**

Ito ay "*sarkinos*" sa Griyego. Ang *inos* na tapusan ay nangangahulugang "gawa ng" o "hinango sa" (e.g., "mga puso ng lamang," cf. II taga-Corinto 3:3) kaya ito ay maaaring mangahulugang "gawa sa lamang." Ginagamit ni Pablo ang salitang "laman" sa maraming magkakaibang kaparaan (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26). Sa kontekstong ito ("gaya ng sa mga sanggol kay Kristo") ay tila ginamit ito sa mga mananampalataya na taglay ang Espiritu, ngunit lumalakad sa kaparaan ng mundo. Ito ay hindi ang laman laban sa Espiritu (cf. taga-Roma 8:1-11), ngunit isang kategorya ng mga mananampalataya. Kung ito ay totoo, ang kontekstong ito ay isa sa kaunting lugar sa NT na ang pag-iibang ito ay ginawa. Dito ay ang sakuna ng kaligtasang walang pagpapaging-banal. Ang pag-aangkin kay Kristo bilang Tagapagligtas, ngunit hindi namumuhay gaya sa kung si Kristo ang Panginoon. Kung ang ganitong nakakapanglumong espiritwal na kalagayan ay ipinapakilala ng panibugho, pag-aaway, at isang nagkakahati-hating espiritu, anong makabagong iglesiya ito? O, ang sakuna ng "mga sanggol na Kristiyano" sa Kaharian ng Diyos at sa puso ng Hari!

▣ **"tulad sa mga sanggol kay Kristo"** Bawat mananampalataya ay nagsisimula bilang isang sanggol na Kristiyano. Walang kahihiyan dito. Ito ay ang pinagmual ng pampamilyang talinghaga na pinagkunan mula sa pagiging "ipinanganak muli" (cf. Juan 3:3; II taga-Corinto 5:17; I Pedro 1:3,23), ngunit hindi dapat tayo manatiling sanggol!

**3:2 "Binibigyan ko kayo ng gatas para inumin"** Ito ay isang nagpapatuloy na talinghaga sa bagong Kristiyano bilang isang bagong nilalang na pinapakilala bilang isang bata (cf. Hebreo 5:12-14; I Pedro 2:2). Sina Tertulliano at Hippolyto ay sinasabi sa atin na ang sinaunang iglesiya nagbibigay ng isang basong gatas sa baogng mananampalataya sa kanilang unang komunyon bilang isang sagisag ng katotohanang ito.

▣ **"sapagkat kayo ay wala pang kakayahang *tanggapin ito*"** Sa panahon na isinulat ni Pablo sa sulat na ito, maraming mga buwan ang nakalipas. Bagaman nararapat na maging isang sanggol na Kristiyano at ang panimula ng ang Kristiyanong pamumuhay, ito ay isang sakuna (trahedya) na manatiling isang sanggol na Kristiyano pagkatapos ng maraming taon.

Ang mga panimulang mga talata ng kabanata 3 ay nakasalit sa intelektwal na mga pagmamataas ng mga pinuno ng mga pangkat. Mayroong isang nakakagulat na paglalaro sa DI-GANAP NA PANAHUNAN (i.e., "dahil kayo ay wala pang kakayanan") at ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN (i.e., "kahit ngayon, kayo ay walang kakayahan"). Ang salitang "kaya" ay ang Griyego terminong *dunamai*, na nangangahulugang kapangyarihan sa pagkilos, sa pagtupad, sa pag-iral patungo sa ninanais na resulta. Ang mga mananampalataya ay naligtas upang maglingkod; sila ay tinawag sa pagiging katulad ni Kristo ngayon, hindi sa langit pagkatapos. Ang "mga mananampalataya" na ito ay walang kapangyarihang pang-Kaharian, tanging kapangyarihan ng laman, na sa katotohanan, ay kawalan ng kapangyarihan!

**3:3**
**NASB "Sapagkat kayo ay mga sa laman pa"**
**NKJV "kayo ay karnal pa"**
**NRSV "kayo ay nananatili sa laman"**
**TEV "kayo ay patuloy na namumuhay gaya ng mga tao sa mundong ito"**
**NJB "kayo ay patuloy na namumuhay sa inyong natural na mga pagkahilig"**

Ito ay *sarkikos* sa Griyego. Ang pang-wakas na *ikos* ay nangangahulugang "pinakikilala ng" (cf. 2:14-15). Si Pablo ay gumagawa ng isang paglalaro ng salitang *sarks* (laman) sa vv. 1 at 3 upang ilarawan ang maraming mga Kristiyano sa Corinto na naliligtas, ngunit lubhang di lumalago. Sila ay makasarilin, hindi walang pag-iimbot! Para sa "makalaman" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26.

▣ **"mga paninibugho at mga pagtatalo"** Ang mga ita ay dalawa sa mga nakatalang mga gawa ng laman sa taga-Galacia. 5:19-21. Sila ay katibayan na ang ilang mga Kristiyano sa Corinto ay karnal pa rin.

Sa ilang sinaunang Griyegong mga kasulatan (i.e., $P^{46}$, D, at ang mga saling Siriac) mayroong isang karagdagang naglalarawang termino na, "mga pagkakahati," na matatagpuan din sa taga-Galacia 5:20. Ito ay tiyakang naglalarawan sa suliranin sa Corinto. Gayunman, ang termino ay nawawala sa MSS $P^{11}$, א, A, B, C, at P at ang Vulgata, Coptico, at Armenianong mga salin. Ito ay lumilitaw na isang pag-eskribang karagdagan (i.e., $UBS^4$ ay inaantasan ng B ang di-pagkakasama (halos tiyak).

▣ **"hindi baga kayo'y kayo'y nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao"** Ang pang-gramatikang anyo ng katanungang ito ay inaasahan ang isang "oo" na sagot. Ito ang diwa ng karnalidad. Ang paglago ay makikita sa kanyang mga bunga, kapwa sa pag-uugali at mga pagkilos (cf. taga-Roma 8:1-11; Mateo 7:1ff).

**3:4** Ito ay nagpapaliwanag ng pagkakahati-hati sa 1:10-17.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:5-9

**[5]Ano nga si Apolos? at Ano si Pablo? Mga lingkod (ministro) na sa pamamagitan nila ay nagsisampalataya kayo; at sa bawa't isa ayon sa ipinagkaloob *na pagkakataon* ng Panginoon sa kaniya. [6]Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig; ngunit ang Diyos ang siyang nagpalago. [7]Ano pa't walang anoman ang nagtatanim, ni ang nagdidilig; kundi ang Diyos na nagpapalago. [8]Ngayon ang nagtatanim at ang nagdidilig ay iisa: ngunit ang bawa't isa ay tatanggap ng kaniyang sariling gantimpala ayon sa kaniyang sariling pagpapagal. [9]Sapagka't tayo ay mga kamanggagawa ng Diyos: kayo ang bukid ng Diyos, ang gusali ng Diyos.**

**3:5**
**NASB, NRSV,**
**NJB "ano"**
**NKJV, TEV "sino"**

Ang King James Version ay may "sino" (i.e., *tis*), na sumusunod sa Griyegong kasulatang $P^{46}$, C, D, at G. Karamihan sa makabagong Ingles na salin ay may "ano" (i.e., *ti*), na tila may layuning tanggalin sa pagtuon sa mga personalidad (i.e., Apollos, Pablo, Pedro). Ito ay napatibay ng *ti* sa talata 7. Tingnan si Bruce Metzger, *A Textual Commentary On the Greek NT*, p. 548.

▣ **"mga lingkod (ministro)"** Ito ay ang termino (i.e., *diakonos*) kung saan ating nakuha ang ating Ingles na salitang "deyakono" (cf. taga-Filipos 1:1; I Timoteo 3:8,12). Ito ay naging isa sa tatlong Griyegong salita (i.e., *therapeuō, hupēreteō* at *diakoneō*) na ginamit upang ipakilala ang paglilingkod, pagtulong, o ministeryo (isa pang karaniwang termino *latreuō* ay nagpapakila ng pang-saserdoteng paglilingkod). Tingnan ang Natatanging Paksa: Naglilingkod na Pamumuno sa 4:1.

▣ **"na sa pamamagitan nila ay nagsisampalataya kayo"** Ang Kristiyanismo ay nagsisimula sa isang kusang pagpapasiya na tanggapin ang (i.e., AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ebanghelyo ng Diyos, na na kay Hesus Kristo, Kanyang mga katuruan, Kanyang mga pangkatabusang pagkilos, Kanyang muling pagkabuhay, at Kanyang pagbabalik. Ang sinuman ay hindi magkakaroon ng kamalayan sa kaligtasan. Hindi ito isang bagay ng sinumang magulang, ng sinumang bansa, ng sinumang kaalaman. Ito ay isang bagay ng pangkasunduang kaloob ng Diyos at ating pangkasunduang pagtugon (i.e., pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiyaga). Ang mga tao ay naging Kristiyano sa pagtanggap kay Kristo, pananampalataya sa ebanghelyo, at paglakad kasama si Kristo. Ang mga ito ay nagawa na ang unang dalawa, ngunit kulang ng pangatlo. Ang mabuting balita ay isang Persona, isang katotohanan, at isang pamumuhay. Ang lahat ng tatlo ay napakahalaga para sa paglago.

Ang Griyego termino manampalataya (i.e., *pisteuō)* ay isinalin sa Ingles bilang maniwala, magtiwala, o pananampalataya. Ang katulad nito sa OT ay nangangahulugang "maging matibay" at, kaugnay nito, dumating sa matalinghagang paggamit sa sinuman na mapagkakatiwalaan, matapat, maaasaan, o may katapatan (tingnan ang Natatanging Paksa at 1:9). Gaya ng inihahayag na pahiwatig ng kontekstong ito, ang mga tao ay maaari nang na tumugon sa pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos, pagkamatapat ng Diyos, pangkasunduang katapatan ng Diyos. Ang pangtaong pananampalataya ay isang pagtugon sa katapatan ng Diyos! Ang layon ng pananampalataya, ang pangako ng pananampalataya ay Diyos! Ang Kanyang biyaya, ang Kanyang kahabagan, ang Kanyang panawagan, ang Kanyang Anak, ang Kanyang Espiritu, ang mga ito ang tanging pag-asa ng mapanghimagsik na sangkatauhan.

▣ **"sa bawa't isa ayon sa ipinagkaloob *na pagkakataon* ng Panginoon sa kaniya"** Ang pagbibigay-diin dito ay sa pang-Diyos na sangkap, hindi sa pantaong pagtugon o pagtupad. Ngunit ang layunin ng predestinasyon ay kabanalan (cf. taga-Efeso 1:4; 2:10), hindi isang natataging karapatang kalalagayan, hindi ang pagganap ng personal na pribelehiyo o pansariling pagtatangi. Bawat mananampalataya ay pinapalakas ng Diyos para sa paglilingkod sa at para sa iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:7,11; taga-Efeso 4:11-13).

Ang tiyak na pagkakilanlan ng "ang Panginoon" ay napakahirap. Kadalasan, ang Diyos Ama na tumatawag sa kaligtasan. Ngunit ginamit ni Pablo ang "Panginoon" nang maraming beses sa I taga-Corinto upang tumukoy kay Hesus (cf. 1:2,3,7,8,9,10; 2:8). Gayunman, maraming beses na sinipi ni Pablo ang isang talata sa OT na ang Panginoon tumutukoy kay YHWH (cf. 1:31; 2:16; 3:20). Ang kalabuan ay maliwanag na makikita sa 2:16 kung saan ang Panginoon sa isang sipi ng OT ay ginamit na kaagapay sa "isipan ni Kristo."

Ang pariralang "bawat-isa" maliwanag ding ipinapakita ang kahirapan sa pag-alam kung sino ang pinagpapahayagan. Ito ba ay ang mga pinuno tulad nina Pablo at Apollos, ang mga mananampalataya sa Corinto, o lahat ng mga mananampalataya?

1. Ang lahat ng mga mananampalataya ay tinawag at pinagkalooban, ngunit ang ilan ay tinawag at pinagkalooban din upang mamuno (cf. Bilang 16:3).
2. Ang konteksto ba ay tanging pangkalahatan o mayroong indibidwal na pagbibigay-diin (i.e., ilang mga pinuno)?

**3:6 "nagtanim. . .nagdilig"** Si Pablo ay gumagamit ng pang-agrikulturang talinghaga. Ang ebanghelyo ay ang binhi (i.e., Mateo

13), ngunit ang mga tao ang magpupunla nito at magpapalago nito.

Ang Dakilang Komisyon (i.e., Mateo 28:19-20) ay may dalawang magkatumbas na tungkulin.

1. pagbabahagi ng ebanghelyo
2. pagtuturo sa mga disipulo (alagad)

Sinimulan ni Pablo ang iglesiya sa pangangaral ng ebanghelyo at si Apollos sa pagtuturo sa iglesiya. Kapwa ay mahalaga at di-mapaghihiwalay!

▣ **"ngunit ang Diyos ang siyang nagpalago"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN, na nangangahulugang nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang mga pagkilos ni Apollos at Pablo ay minsanang pangyayari, ngunit ang pagkilos ng Diyos ay nagpapatuloy (cf. v. 7).

**3:8**

**NASB, NKJV "ay iisa"**
**NRSV "ay may isang laganap na layunin"**
**TEV "walang pagkakaiba"**
**NJB "itong lahat ay iisa"**

Ang katanungang nitong maikli at may kalabuang Griyegong parirala (i.e., NASB, NKJV) ay (1) lahat ba ng mga pinuno magkakatimbang o (2) lahat ba ng mga pinuno kabahagi sa katulad na ministeryo ng pagpapalago ng iglesiya? Ang tunay na kaibhan ay hindi sa pagitan ng espiritwal na mga kaloob (i.e., panimulang ebanghelista o nagdidisipulo, pastor/guro, atbp., cf taga-Efeso 4:11), ngunit sa pagitan ng gawa ng Diyos at pantaong pagkakasangkapan. Ang susi ay Diyos!

▣ **"ngunit ang bawa't isa ay tatanggap ng kaniyang sariling gantimpala ayon sa kaniyang sariling pagpapagal."** Ang konsepto ng mga gantimpala ay nabuo sa vv. 10-15. Sa pagtalakay ng mga gantimpala, tingnan ang mas buong tala sa 3:14.

Ang kaisipang ito ng mga gantimpala sa paglilingkod ay ay kaugnay sa espiritwal na prinsipyo na isinalasay sa v. 13 at taga-Galacia. 6:7. Ating aanihin ang ating pinunla (cf. II taga-Corinto 9:6).

Isang kaugnay na teolohikong isyu ay ang mga antas ng gantimpala. Ang kaalaman sa ebanghelyo na pinalalakas ng Espiritu at ang panawagan sa pamumuno sa loob ng iglesiya Diyos ay nagdudulot ng isang mas malaking pananagutan (cf. Lucas 12:48). Ang NT ay tila nagtuturo ng mga antas ng gantimpala at kaparusahan (cf. Mateo 10:15; 11:22,24; 18:6; 25:21,23; Marcos 12:40; Lucas 12:47-48; 20:47; Santiago 3:1). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:24.

**3:9**

**NASB, NKJV "tayo ay mga kamanggagawa ng Diyos"**
**NRSV "tayo ay mga lingkod ng Diyos, magkasamang gumagawa"**
**TEV "tayo ay mga magkauwang, magkasamang gumagawa para sa Diyos"**
**NJB "tayo ay kabahagi sa gawain ng Diyos"**
**REB "tayo ay magkakasamang gumagawa sa paglilingkod sa Diyos"**

Ang iba't-ibang mga salin ay tinatangkang ipakita na sina Apollos at Pablo gumagawa "para sa" Diyos, hindi na silang lahat ay tatlong magkakamanggagawa. Ang pagiging una ay kailangang manatili sa Diyos, hindi sa Kanyang pansamantalang pantaong mga pinuno!

Ito ay tumutukoy kina Pablo at Apollos. Ito ay ang Malapit sa Silangang talinghaga ng isang pamilya na gumagawa sa bukid (cf. II taga-Corinto 6:1). Ang talatang ito ay may tatlong paaring DYENITIBO: Si Pablo at Apollos ay pag-aari ng Diyos ang Ama, gayundin ang iglesiya sa Corinto.

▣ **"kayo ang bukid ng Diyos, ang gusali ng Diyos"** Ito ay tumutukoy sa iglesiya sa Corinto. Si Pabloy ay gumagamit ng mga talinghaga sa pang-agrikulturang paglago (cf. Isaias 61:3; Mateo 15:13) at pagtatayo ng gusali (cf. taga-Efeso 2:20-22; taga-Colosas 2:7; I Pedro 2:5) upang ilarawan ang iglesiya. Sa teolohiya, ito ay kailangang matandaan na ang iglesiya ay mga tao, hindi isang gusali.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:10-15

**[10]Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, na tulad sa isang marunong na tagapagtayo (arkitekto) ay inilagay ko ang pinagsasaligan; at iba ang nagtatayo sa ibabaw nito. Nguni't ingatan ng bawa't tao kung paano ang pagtatayo niya sa ibabaw nito. [11]Sapagka't sinoman ay hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na, na ito'y si Kristo Hesus. [12]Datapuwa't kung ang sinoma'y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligang ito ng ginto, pilak, mga mahahalagang bato, kahoy, tuyong dayami; [13]Ang gawa ng bawa't isa ay mahahayag: sapagka't ang araw ang magsasaysay, sapagka't sa pamamagitan ng apoy inihahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng bawa't isa kung ano yaon. [14]Kung ang gawa ng sinoman ay manatili, na kaniyang itinayo sa ibabaw niyaon, siya'y tatanggap ng gantimpala. [15]Kung ang gawa ng sinoman ay masunog, ay malulugi siya: ngunit siya sa kaniyang sarili ay maliligtas; gayon ma'y tulad sa pamamagitan ng apoy.**

**3:10 "Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin"** Binibigyang-diin ni Pablo ang kanyang kaligtasan, pagtawag, at pinagkalooban bilang ang Apostol sa mga Hentil (cf. 15:10).

**"isang marunong na tagapagtayo (arkitekto)"** Ito rin ay maaaring mangahulugang "tagapamahala ng gusali." Nakuha natin ang Ingles na salitang "arkitekto" mula sa Griyegong salitang ito. Sa isang kaunawaan, si Pablo ay nagbibigay-diin ng kanyang awtoridad bilang Apostol na tinawag ni Kristo sa mga Hentil at ang unang nagbahagi ng ebanghelyo sa mga taga-Corinto.

**"inilagay ko ang pinagsasaligan"** Ito tumutukoy sa panimulang pangangaral ng ebanghelyo ni Pablo sa Corinto. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 28:16. Si Hesus ang saligan!

**"iba ang nagtatayo sa ibabaw nito"** Si Pablo ang nagsimula ng iglesiya, ngunit nag-ambag ang iba para sa kanyang paglago. Si Apollos ay isang halimbawa (cf. vv. 5-9). Gayunman, sa konteksto, ito ay kailangan ding maiugnay sa kanilang mga pinuno sa iglesiya na nagtataguyod ng isang nagkakahati-hating espiritu. Sila ay maaaring mga pinuno ng iba't-ibang bahay iglesiya.

**"ingatan ng bawa't tao"** Ito sa literal, ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS ng *blepō*, "Aking nakita." Ito ay ang babala sa mga pinuno sa iglesiya na magbibigay sulit sa Diyos sa kanilang ginawa sa iglesiya, gayundin ang lahat ng mga mananampalataya (cf. II taga-Corinto 5:10).

**3:11** Mayroong dalawang saligang nabanggit sa talatang ito para sa iglesiya.

1. ang mensahe ng mga pinuno/mananampalataya ay kailangang naka-sentro kay Kristo (cf. vv. 11-12 at taga-Efeso 2:20-21)
2. ang buhay ng mga pinuno/mananampalataya ay kailangang nakawangis kay Kristo (cf. vv. 12-15)

**3:12 "kung"** Ito ay ang unang sa kalipunan ng UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin (cf. vv. 12,14,15,17,18). Mayroong mabunga at mahahalagang mga pinuno at mapanakit at mapangwasak na mga pinuno!

**"kung ang sinoma'y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligan"** Ang pangunahing pangkahulugang tanong dito ay kung anong saligan ang pinapatungkulan ni Pablo: (1) ang ebanghelyo, v. 11 o (2) ang iglesiya sa Corinto, v. 10? Siya ba ay nagpapahayag sa mga pinuno o mga mananampalataya sa pangkalahatan? Ang pagbibigay-kahulugan ng sinuman sa vv. 10-15 ay kailangang maiugnay sa vv. 16-17, na naglalarawan sa iglesiya bilang isang kabuuan gaya ng templo ng Diyos.

**"ginto, pilak, mga mahahalagang bato"** Ang pagbibigay-diin dito ay kung ano ang matibay, maganda, at mahal at hindi masisira ng apos. Precious stones may be jewels, semi-precious stones, o polished marble stones.

**3:13**
**NASB "ay mahahayag"**
**NKJV "ay makikilala"**
**NRSV "ay matatanaw"**
**TEV "ay makikita"**
**NJB "ay maipapakita"**

Ang maliwanag na pagpapakilalang ito ng ministeryo ng mga mananampalataya o mga pinuno (i.e., mga motibo, mga pagkilos, mga layunin) ay binibigyang-diin sa isang tatlong-patong na pag-uulit ng MGA PANDIWA sa v. 13.

1. naging maliwanag (i.e., *phainō*)
2. ipakita (i.e., *dēloō*)
3. ihayag (i.e., *apokaluptō*)

Ang ganitong hayagang pagpapakita at paghahatol ng mga mananampalataya ay kailangang maiugnay sa harapan ng hukuman ni Kristo sa II taga-Corinto 5:10.

**"ang araw ang magsasaysay"** Ito ay tumutukoy sa OT na "Araw ng Panginoon," na kinapapalooban ng kapwa pagluluwalhati at mga gantimpalata para sa mga mananampalataya at kahatulan sa mga di-mananampalataya. Gayunman, kahit na mga mananampalataya ay magbibigay din ng pagsusulit sa harapan ng hukuman ni Kristo (cf. II taga-Corinto 5:10; Mateo 12:36-37; 25:31ff; taga-Roma 2:16; 14:12; taga-Galacia. 5:10; Hebreo 13:17).

**"apoy"** Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
   1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
   2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
   3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
   4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
   5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
   6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
   7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
   8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
   1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
   2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
   3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
   4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
   5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
   1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
   2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
   3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
   4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II taga-Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

▣ **"ang susubok "** Ito tumutukoy sa apoy ng pagdadalisay (cf. 4:5), na isang pagsusulit na may pananawa patungo sa pagtanggap (i.e., *dokimazō*).

## NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon. Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT
   a. lalaking baka – Lucas 14:19
   b. ang ating sarili – I taga-Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. taga-Roma 2:18; 14:22; 16:10; II taga-Corinto 10:18; 13:3; taga-Filipos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na:
   a. karapat-dapat
   b. mabuti
   c. dalisay
   d. mahalaga
   e. marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*

   Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.
   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18).
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanasas sa Mateo 4:3; I taga-Thesalonica 3:5. Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o

si Kristo cf. I taga-Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 7:5; 10:9, 13; taga-Galacia 6:1; I taga-Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

▣ **"sa gawa ng bawa't isa kung ano yaon"** Sa konteksto, ito ay kailangang tumukoy sa pagkakasangkot ng isa sa iglesiya. Ang lahat ng espiritwal na mga kaloob ay para sa pagtatayo ng iglesiya (cf. 12:7). Walang espiritwal na pagkakaiba sa pagitan ng mangangaral at karaniwang myembro, pinuno at tagasunod, ngunit dito ay may kaibahan sa tungkulin (cf. Bilang 16:3). Ang mga pinuno ay mas may pananagutan (cf. Santiago 3:1).

**3:14 "Kung"** Ito ay ang pangalawa sa kalipunan ng UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, ipinagpapalagay na totoo mula sa pananawa ng manunulat o para sa kanyang pampanitikang layunin (cf. vv. 12,14,15,17,18).

▣ **"siya'y tatanggap ng gantimpala"** Ang talatang ito ay tumutukoy sa mga gantimpalata, hindi sa kaligtasan. Lahat ng mga taong pinag-uukulan ay ipinagpapalagay na mga mananampalataya!

Ang NT konsepto ng mga gantimpala ay kailangang mapag-iba mula sa kaligtasan sa pamamagitan ng kahusayan (cf. taga-Roma 6:23). Sa OT, ang mga gantimpala o mga pagpapala ay kaugnay sa pagsunod (cf. Deuteronomio 11:13-32,27-29; Awit 1). Sa isang kaunawaan, yan din ay totoo. Gayunman, ang kaligtasan ay isang kaloob, hindi isang gatimpala. Ang buhay ng pananampalataya at pagsunod ay isang bunga ng kaligtasan, hindi kaparaanan ng kaligtasan. Ang mga gantimpala ay maaaring mawala, ngunit ay kaligtasan ay napapanatili. Ang mga gantimpala ay isang pagkilala ng lumalagong ministeryo ng mga mananampalataya. Si Pablo ngayon ay pangkalahatan sa kanyang eskatolohikong pagsusuri (cf. I taga-Thesalonica 2:19-20; taga-Filipos 2:14-16) na inisinasama ang lahat ng mga mananampalataya. Ang mga gantimpala ay isang paraan ng pagkilala sa mga mabisang naglingkod at matapat sa pagkasulong ng ebanghelyo. Ang mga gantimpala ay mga kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang pagpapalakas para sa Kanyang Kaharian. Bagaman, tulad ng lahat ng mga pangkasunduang pakikipag-ugnayan, mga mananampalataya tumugon ng nararapat at nagpapatuloy (cf. I taga-Corinto 9:24-27). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Antas ng mga Gantimpala at mga Kaparusahan sa 9:24-27.

**3:15 "Kung ang gawa ng sinoman ay masunog"** O, ang sakuna ng isang walang bunga, makasarili, nagkakahati-hating Kristiyanong pamumuhay—isang sakuna para sa tao, isang sakuna para sa iglesiya, at isang sakuna para sa di-ligtas!

▣ **"nguni't siya sa kaniyang sarili ay maliligtas"** Ito ay nagpapakita ng pagkauna ng biyaya kahit na sa posibilidad ng pagkawala ng gatimpala.

Ang konseptong ito ay maaaring sumagot ng teolohikong kalagayan (dilema) ng isang walang bayad na kaligtasan sa biyaya ng Diyos, ang natapos na gawain ni Kristo, at panghihikayat ng Espiritu na pinag-iiba sa mandatong halaga ng lahat ng bagay ng Kristiyanong pamumuhay. Ang tangi kong pagkatakok sa paggamit ng tekstong ito bilang isang susing konsepto ay gaano kabihira sa Banal na Kasulatan ang teolohikong katergorya ng isang "nanumbalik sa kasalanan," karnal, sanggol na Kristiyano gamitin! Ang makabagong iglesiya ay ginagamit ang konseptong ito upang ipaliwanag ang isang walang-bisa, walang sigla, makamundong iglesiya, ngunit madalang magsalaysay ng mga mandato sa NT sa espiritwal na paglago.

▣ **"ay maliligtas"** Ito ay mayroong isang eskatolohikong pag-aankop. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MGA PANAHUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo. Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**

- Mga Gawa 15:11
- taga-Roma 8:24
- II Timoteo 1:9

- Tito 3:5
- taga-Roma 13:11 (isinasama sa AORIST na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

**KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)**
- taga-Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**
- I taga-Corinto 1:18; 15:2
- II taga-Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)**
- taga-Roma 5:9,10; 10:9,13
- I taga-Corinto 3:15; 5:5
- taga-Filipos 1:28;
- I taga-Thesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13), ngunit kailangan itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 3:19; taga-Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang
1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:16-17

**16Hindi baga ninyo nalalaman na kayo ay templo ng Diyos, at *na* ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo? 17Kung gibain ng sinoman ang templo ng Diyos, siya'y igigiba ng Diyos; sapagka't ang templo ng Diyos ay banal, na ang templong ito ay kung ano kayo.**

**3:16 "Hindi baga ninyo nalalaman na kayo ay templo ng Diyos,"** Walang PANTUKOY na kasama ng "templo" (i.e., *naos*, ang pangunahing damban mismo). Ang PANGHALIP NA "ninyo" ay PANGMARAMIHAN, habang ang "templo" ay PANG-ISAHAN, samakatuwid, sa kontekstong ito, ang "templo" ay dapat na pumatungkol sa buong iglesiya sa Corinto (cf. II taga-Corinto 6:16; taga-Efeso 2:21-22), na maaaring kinapapalooban ng maraming mga bahay iglesiya.

Ang pagtuon ng Hudyong pananampalataya ay lumago sa pang-Templong ritwal at liturhiya (cf. Jeremias 7) sa halip na personal na pananampalataya kay YHWH. Hindi ito kung saan o kailan o paano ang sinuman ay sasamba, ngunit Sino ang isa ay nakikipag-ugnayan sa Diyos. Nakita ni Hesus ang Kanyang katawan bilang templo ng Diyos (cf. Juan 2:21). Hesus ay ay lalong dakila sa mga templo ng OT (cf. Mateo 12:6). Ang pagkilos ng Diyos ay lumipat mula sa isang banala na gusali hanggang sa isang banal na (i.e., tinubos, binanal) katawan ng mga mananampalataya. Ang pagtuon sa gawain ng Diyos sa mundo ay sa mga tao! Ang katawan ni Hesus ay isa na ngayon lugar, kapwa pangkabuuan at pangsarili.

▣ **"*na* ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo"** "nananahan" ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. "Inyo" ay PANGMARAMIHAN. Ang konsepto ng templo bilang natatanging lugar na pinananahanan ni ni YHWH sa OT ay kaagapay dito sa konsepto ng iglesiya bilang pinananahanan ng Banal na Espiritu.

Ang konsepto ng nananahang Diyos ay inuulit-ulit sa NT. Ang lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay sinasabing nananahan sa mga mananampalataya.
1. ang Espiritu (cf. Juan 14:16-17; taga-Roma 8:9,11; I taga-Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
2. ang Anak (cf. Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; taga-Roma 8:10; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia. 2:20; taga-Efeso 3:17; taga-Colosas 1:27)
3. kapwa ang Anak at ang Ama (cf. Juan 14:23 at II taga-Corinto 6:16)

**3:17 "Kung gibain ng sinoman ang templo ng Diyos, siya'y igigiba ng Diyos"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay ang katotohanan ng di-esperitwal na mga mananampalataya na sumisira sa gawain ng iglesiya (i.e., mga pinuno o mga pagkakabaha-bahagi). Dito ang pagbibigay-diin ay sa mga pagkilos ng indibidwal na mananampalataya. Hindi ito nakakaapekto sa kaligtasan, v. 15, ngunit ang kanilang haba ng buhay at gatimpala.

Ang pinakamataas ng sakuna ng mga mananampalataya na nabubuhay sa makasarili, walang bungang pamumuhay ay ang potensyal ng mga pinagkukunan sa kanilang pagkakatapon. Natataman nila ang ebanghelyo; taglay nila ang Espiritu, ngunit sila at ang iglesiya ay nasira ng kanilang mga pagkilos. Ito ay kung saan ang Lucas 12:48 ay nagsasabi ng napakalakas! Ito ba ay nagsasalita sa iyo?

Ang terminong *phtheirō* (gibain) ay mayroong maraming pakakagamit sa NT.

1. sirain o dungisan ang pisikal (i.e., nabubulok na prutas o nabubulik na laman, kahit na ang talinghaga ng sumasamang pananalapi)
2. sirain o dungisan ang moralidad (i.e., paglabag sa mga kautusang ng isang timpalak pampalakasan o pang-aakit sekswal sa sinuman)
3. pagwasak (paggiba)
   a. sa pisikal
   b. sa espiritwal
   c. habang buhay

Tanging ang kagyat na konteksto ang magpapasya ng kahulugan nito. Dito, ito ay ginamit sa kaagapay na mga sugnay, ngunit ito ay di-tiyak kung ito ay may katulad na kahulugan sa bawat sugnay dahil ang una ay tumutukoy sa iglesiya at ang pangawala, sa isang tao. Ang terminong ito sa konteksto ay tumutukoy sa naligtas, ngunit di-malagong, mga mananampalataya na nagdudulot ng isang nagpapangkat-pangkat na espiritu na sumibol sa iglesiya sa Corinto. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:42.

Mahirap bigyang takda ang kung ano ang kahulugan ng "gibain" sa kontekstong ito (cf. Mateo 18:6; Lucas 17:1-2; taga-Roma 14:15; I taga-Corinto 5:5; 8:11; I Timoteo 1:20)

Habang ako'y nasa paksang ito, hindi ako naniniwala na ang terminong ito (at mga kaugnay na termino) ay maaaring marapat na gamitin upang patunayan ang pisikal na paglipol sa napahamak na tao (Fudge, *The Fire That Consumes*), ngunit sa halip, ay kanilang may kamalayan, walang hanggang pagkahiwalay mula sa Diyos (i.e., impiyerno, cf. Daniel 12:2; Mateo 25:46; Mga Gawa 24:15).

Ito ay maaari na ang tinutukoy ni Pablo dito ay naiuugnay sa I taga-Corinto 5:5 at I Timoteo 1:20, kung saan ang mga disiplinang pang-iglesiya ay isa sa kanilang pakikipag-ugnayan (ngunit palaging may pag-asa at panalangin pagpapanumbalik na sinusundan ng pagsisisi).

▣ **"ang templo ng Diyos ay banal, na ang templong ito ay kung ano kayo"** Ito ay isang pagkalahatang konsepto. Ang kaugnay at lohikal na implikasyon ay ang indibidwal na mananampalataya gayundin ay templo ng Diyos (cf. I taga-Corinto 6:19). Ang mga Kristiyano ay tinatawag sa kabanalan (cf. Mateo 5:48; taga-Efeso 1:4).

## NATATANGING PAKSA: BANAL

I. Ang Lumang Tipan
   A. Ang etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring sa Cananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang "hatiin." Ito ang pinagmulan ng kilalang kahulugan na "hiniwalay (mula sa kulturang Cananeo, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos."
   B. Ito ay nag-uugnay presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging pangkaraniwang sa Exodo, Levitico, at Bilang.
   C. Sa propesiyang panitikan (lalo na sa Isaias at Osea) ang personal na sangkap ay nauna nang ipinakilala, ngunit ang hindi binigyang-diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging isang paraan ng pagtatalaga ng diwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan na kumakatawan sa Kanyang katangian ay Banal. Ang Kanyang mga tao na naghahayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang sinunod ang kasunduan sa pananampalataya).
   D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi mahihiwalay mula sa teolohikong mga konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Narito ang pag-igting (tensyon) sa Diyos patungo sa isang di-banal, makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakaaliw na artikulo sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos bilang "mahabagin" at Diyos bilang "banal" sa Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan
   A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, ngunit naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang namamahala sa kanilang talasalitaan (bokabularyo).
   B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Mga Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Mga Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II taga-Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
   C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga taga-sunod ay dapat maging banal (cf. taga-Roma 8:28-29; II taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristiyano ay naligtas upang maglingkod sa pagiging katulad (wangis) ni Kristo (kabanalan).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:18-23

**[18]Sinoma'y huwag magdaya sa kaniyang sarili. Kung ang sinoman sa inyo ay nagiisip na siya'y marunong sa**

**kapanahunang ito, ay magpakamangmang siya, upang siya ang maging marunong. [19]Sapagka't ang karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa harapan ng Diyos. Sapagkat nasusulat, Hinuhuli niya ang marurunong sa kanilang katusuhan: [20]At muli, Nalalaman ng Panginoon ang pangangatuwiran ng marurunong, na pawang walang kabuluhan. [21]Kaya't huwag ipagmamapuri ninoman sa mga tao, Sapagkat ang lahat ng mga bagay ay sa inyo. [22]Kahit si Pablo, kahit si Apolos, kahit si Cefas, kahit ang sanglibutan, kahit ang buhay, kahit ang kamatayan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating; lahat ay sa inyo: [23]At kayo ay kay Kristo; at si Kristo ay sa Diyos.**

**3:18 "Sinoma'y huwag magdaya sa kaniyang sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na ay SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang itigil ana isang pagkilos na nagpapatuloy. Some of ang mga mananampalataya at Corinto were priding themselves on their membership in o allegiance to certain mga pinuno at/o special knowledge.

Ang terminong "madaya" ay ang pinaigting na anyo ng *apataō* (cf. taga-Efeso 5:6; I Timoteo 2:14; Santiago 1:26) na may unlaping *ek* (cf. taga-Roma 7:11; 16:8; II taga-Thesalonica 2:3). Ito termino ay kasingkahulugan ng *planaō* (i.e., magdagalag, lumihis, maligaw), na ginamit sa Sinoptikong mga Ebanghelyo, mga sulat ni Juan, at Pablo (cf. I taga-Corinto 6:9; 15:33 at ang PANG-URI sa II taga-Corinto 6:8). Ang pandaraya sa sarili ay isang espiritwal na sakuna (cf. taga-Roma 12:16; taga-Galacia. 6:3; II Timoteo 3:13; I Juan 1:8). Maaaring binabanggit ni Pablo ang Kawikaan 3:7 o Isaias 5:21 o kahit na Jeremias 9:23-24. Marami sa mga pinuno ng mga pangkat sa Corinto ay iniisip na sila ay malago at marunong, ngunit dinadaya lamang nila ang kanilang sarili.

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Marami sa iglesiya sa Corinto ay nagmamataas sa kanilang sarili sa kanilang inaakalang espiritwalidad o espiritwal na napagkalooban o kaalaman. Ang mga pagkahilig na ito ay katulad sa kung ano sa susunod ay tinatawag na Gnosticismo. Sa kasaysayan, ito ay di-tiyak kung ang Corinto ay naimpluwensahan ng lumalagong Griyegong intelektwal na pagtatangi. Ang ganitong sistema ng kaisipan (isang radikal na dualismo sa pagitan ng espiritu at bagay) ay hindi lubusang naitala hanggang sa ika-2 siglo, ngunit ito ang isa sa pangunahing kamalian sa pananampalataya ng sinaunang iglesiya.

▣ **"Kung ang sinoman sa inyo ay nagiisip na siya'y marunong sa kapanahunang ito"** Ito ay tumutukoy taong siya ay nag-iisip na siya ay may natatanging kaalaman o kalalagayan. Mayroong mga nasa iglesiya na nag-aangkin ng pagiging mataas batay sa kanilang espiritwalidad, kaalaman, panlipunang katatayuan, o kalatalinuhan. Ito ay maaari na ito ay tumutukoy sa pangkat ng mga pinuno ng mga nagkakahati-hating grupon na nabanggit sa 1:12; 3:5,21.

▣ **"magpakamangmang siya"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ang ebanghelyo ng Diyos, si Kristo sa Kanyang sarili, ay ang tanging tunay na karunungan. Ang terminong ito ay madalas na gamitin upang ilarawan ang "karunungan ng panahong ito" (cf. 1:18,27; at dito). Kahit si Pablo ay ginagamit ito 4:10 sa isang mapanuyang kaunawaan sa kaugnayan niot sa mga Kristiyano sa Corinto na nag-aangkin at nagpapalapad ng pantaong karunungan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa mga Mangmang na Tao sa 15:36.

**3:19 "ang karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa harapan Diyos"** Ito ay dahil nakabatay ito sa limitado, makamundo, may hangganan, nalugmok na kaalaman (cf. 1:18,21,23,25). Para sa "kamangmangan" tingnan ang tala sa 1:25.

**3:19-20** Ang sumusunod ay bahagyang inibang mga sipi mula sa Job 5:13 at Awit 94:11. Para sa terminong "katusuhan" tingnan ang mas buong tala sa II taga-Corinto 4:2.

**3:21**
**NASB "Kaya't huwag ipagmamapuri ninoman sa mga tao"**
**NKJV "kaya huwag bigyang-puri ang sinumang mgato**
**NRSV "kaya huwag ipgmapuri ang patungkol sa pantaong mga pinuno"**
**TEV "walang sinuman, ngayon, ang kailangang magmapuri sa kung ano ang magagawa ng tao"**
**NJB "kaya walang pagmamayabang patungkol sa mga taong nilalang"**

Ito ay maaari ding isang pagkabanggit saJeremias 9:23-24. Ang pantaong pagmamayabang ay nabanggit nang maraming beses sa I taga-Corinto (cf. 1:29,31; 3:21; 4:7; at II taga-Corinto 5:12; 10:17; 11:12,18,30; 12:1,5,6,9). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:6. Ito ay isang pangunahaning suliranin sa Corinto (at sa mga tao sa pangkalahatan). Ang suliraning ito ay kinapapalooban ng mas marami sa iglesiya kaysa sa ilang mga pinuno; may pananagutan din ang mga tagasunod. Ito ay mas waring tulad ng makabagong pangsektang kayabangan at pagmamataas (i.e., Ako ay kay Calvin; Ako ay kay Wesly; Ako ay kay. . ., cf. 4:6).

**3:21b-22** Nabibigay-diin si Pablo na ang lahat ng mga bagay (i.e., isang tala ay lubhang katulad ng taga-Roma 8:38-39) na pag-aari ng mga mananampalataya sa pamamagitan ni Kristo ay kinapapalooban ng lahat ng mga mangangaral na nakatala. Ang terminong *kosmos* (i.e., mundo) ay ginamit dito sa isang paayong diwa ng kaayusan sa paglilikha (cf. LXX ng Genesis

1:31). Ang mga mananampalataya ay kasamang tagapagmana ng lahat ng mga bagay at lahat ng mga panahon sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 8:12-17). Huwag mong limitahan ang iyong sarili.

## NATATANGING PAKSA: PAGGAMIT NI PABLO NG *KOSMOS* (SANGLIBUTAN)

Si Pablo ay gumagamit ng salitang *kosmos* sa maraming mga paraan.

1. lahat ng mga nilikhang kaayusan (cf. taga-Roma 1:20; taga-Efeso 1:4; I taga-Corinto 3:22; 8:4,5)
2. itong mundo (cf. II taga-Corinto 1:12; taga-Efeso 1:10; taga-Colosas 1:20; I Timoteo 1:15; 3:16; 6:7)
3. sangkatauhan (cf. I taga-Corinto 1:27-28; 4:9,13; taga-Roma 3:6,19; 11:15; II taga-Corinto 5:19; taga-Colosas 1:6)
4. mga taong nagsasaayos at nagsisikilos na hiwalay sa Diyos (cf. I taga-Corinto 1:20-21; 2:12; 3:19; 11:32; taga-Galacia 4:3; taga-Efeso 2:2,12; taga-Filipos 2:15; taga-Colosas 2:8,20-24). Ito ay talagang katulad sa paggamit ni Juan's usage (i.e., I Juan 2:15-17)
5. ang pagkasalukuyang balangkas ng mundo (cf. I taga-Corinto 7:29-31; taga-Galacia 6:14, katulad ng Filipos 3:4-9, dito inilarawan ni Pablo ang mga balangkas pang-hudyo)

Sa ilang mga paraan ay nagsasama at ito ay mahirap uriin sa bawat paggamit. Ang salitang ito, katulad ng napakaraming kaisipan ni Pablo, ay kailangang mabigyan ng kahulugan sa pinakamalapit na konteksto at hindi sa isang kahulugang mula sa paunang pagtatakda. Ang talahulugan ni Pablo ay may pagkakatulad (cf. James Stewart, *A Man in Christ*). Hindi niya sinatangkang magbuo ng isang sistematikong teolohiya, ngunit upang ipahayag si Kristo. Siya ay nakakapagpago ng lahat ng bagay!

**3:23 "kayo ay kay Cristo"** Ang "kayo" ay pagbibigay-diin at PANGMARAMIHAN. Ipinapakita nito ang mataas na kalalagayan ni Kristo sa iglesiya (cf. 1:29-31). Ito rin ay tumutuon ukol sa kanilang pananagutan bilang mga mananampalataya.

▣ **"si Kristo ay sa Diyos"** Ito tumutukoy sa pansamantalang pagpapasakop ni Kristo sa Ama (cf. 11:3; 15:28). Ito ay hindi isang usapin ng esenya (cf. Juan 1:1-3), ngunit isang usapin ng tungkulin. Ang Trinidad (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10) ay batay sa tungkulin.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng gatas at matatag na pagkain sa kaugnayan nito sa Kristiyanong pangangaral?
2. Ang mga Kristiyano ba ay tatayo sa harapan ng Diyos sa kahatulan? Kung siya nga, bakit?
3. Sino ang tinutukoy sa vv. 10-15?
4. Ang v. 16 ay tumutukoy ba sa indibidwal na mga mananampalataya o ang buong iglesiya?
5. Ano ang ibig-sabihin ng terminong "gibain" sa v. 17? Paano ito maiuugnay sa v. 15?
6. Ang pagpapailalim ba ni Kristo sa Ama, na maliwanag na makikita sa vv. 23 at 15:28, ay nangangahulugan na hindi Siya Diyos?

# I MGA TAGA-CORINTO 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Ministeryo ng mga Apostol | Mga Katiwala ng mga Hiwag ng Diyos | Mga pagpapairal | Mga Apostol ni Kristo | Mga Konklusyon |
| | | | | (3:18-4:13) |
| 4:1-5 | 4:1-5 | 4:1-5 | 4:1-5 | 4:1-5 |
| | Mga mangmang para kay Kristo | | | |
| 4:6-13 | 4:6-13 | 4:6-7 | 4:6-7 | 4:6-13 |
| | | 4:8-13 | 4:8-13 | |
| | Makaamang Pangangalaga ni Pablo | Makaamang Pagpapaalala at Pagbababala | | Isang Pagsamo |
| 4:14-21 | 4:14-21 | 4:14-21 | 4:14-17 | 4:14-17 |
| | | | 4:18-21 | 4:18-21 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MAIKLING BALANGKAS NG KABANATA 4

A. Ang mga talatalang 1-5 ay tumutukoy sa mga Kristiyanong humahatol at hinahatulan.

B. Ang mga talatang 6-13 ay pinag-iiba ang mga pinuno sa Corinto at tunay na mga Apostol.

C. Sa mga talatang 14-21 tinatalakay ni Pablo kanyang awtoridad ang mga planong paglalakbay sa dahila ng mga paratang nga mga kaaway.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-5**

**[1]Ipalagay nga kami ng sinoman na mga ministro ni Kristo, at mga katiwala ng mga hiwaga ng Diyos. [2]Bukod dito'y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawa't isa ay maging tapat. [3]Datapuwa't sa ganang akin ay isang bagay na totoong maliit ang ako'y siyasatin ninyo, o sa pamamagitan ng pantaong hukuman: oo, ako'y hindi nagsisiyasat sa aking sarili. [4]Sapagka't wala akong nalalamang anomang laban sa aking sarili; bagaman hindi dahil dito'y napawalang-sala ako: sapagka't ang nagsisiyasat sa akin ay ang Panginoon. [5]Samakatuwid, huwag muna kayong magsihatol ng anoman, *ngunit hintayin* hanggang sa dumating ang Panginoon, na siya ang maghahayag ng mga bagay na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga haka ng mga puso *ng tao*; at kung magkagayon ang bawa't isa ay magkakaroon ng kapurihan sa Diyos.**

**4:1 "Ipalagay nga kami ng sinoman na mga ministro ni Kristo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay kailangang subukan o isaalang-alang ang kalagayan ng pamumuno. Para sa Kaharian ng Diyos, ang pamumuno ay paglilingkod/pagiging katiwala (cf. Marcos 10:42-44). Ang teolohiya ni ablo ay sinusundan ang mga salita ni Hesus.

▣ **"mga ministro ni Kristo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

### SPECIAL TOPIC: NAGLILINGKOD NA PAMUNUAN

Ang mga pinuno ng Diyos ay mga kaloob sa iglesiya (taga-Efeso 4:11), ngunit sila pa rin ay mga lingkod, hindi mga amo! Si Pablo ay gumagamit ng maraming termino upang ipahayag ang kaisipan ng lingkod/ministro sa mga sulat sa Corinto.

1. pantahanang pagtulong (sa orihinal ay "itaas ang alikabok")
   a. *diakonos*, I taga-Corinto 3:5; II taga-Corinto 3:6; 6:4; 11:15 (dalawang beses), 23
   b. *diakonia*, I taga-Corinto 16:15; II taga-Corinto 3:7,8,9 (dalawang beses); 4:1; 5:18; 6:3; 8:4; 9:1,13; 11:8
   c. *dialoneō*, II taga-Corinto 3:3
2. lingkod o katulong, *hupēretēs* (sa NT ito ay ginagamit sa maraming iba't-ibang uri ng mga naglilingkod), I taga-Corinto 4:1
3. alipin (sinuman na pagmamay-ari at pinamamahalaan ng iba)
   a. *doulos*, I taga-Corinto 7:21,22 (dalawang beses),23; II taga-Corinto 4:5
   b. *douloō*, I taga-Corinto 9:19
4. kamanggagawa, kasamang tumutulong (tambalang ng *sun* + manggagawa), *sunergos*, II taga-Corinto 1:24
5. tagapagtustos (sa orihinal ay na nagpopondo ng isang koro)
   a. *chorēgeō*, II taga-Corinto 9:10
   b. *epichorēgeō*, II taga-Corinto 9:10
6. ministro (ginamit sa Septuagint kay Jose kay Potiphar, Joshue kay Moises, Samuel kay Eli, Abishag kay David at ang mga Levita sa Israel (*leitourgia*, i.e., ang pangkahalatang termino para sa paglilingkod sa Septuagint, II taga-Corinto 9:12)

Ang lahat ng terminong ito ay nagpapakita sa pag-unawa sa ministeryo ni Pablo. Ang mga mananampalataya ay kay Kristo. Gaya ng pa paglilingkod ni Kristo sa iba (cf. Marcos 10:45), ang mga mananampalataya ay maglilingkod sa iba (cf. I Juan 3:16). Ang pamunuan ng iglesiya ay naglilingkod na pamunuan (cf. Mateo 20:20-28; Marcos 10:32-45; Lucas 22:24-27). Ang mga mapagmataas, mayayabang ng mga pangkat ay lubusang di-naunawaan ang ebanghelyo at nabigong maintindiha ang puso at ministeryo ni Hesus!

▣ **"mga katiwala"** Ito ay isang tambalang Griyego termino mula sa "bahay" at "kautusan." Ito ay ang lingkod nangangasiwa ng bahay/ari-arian at nagbibigay ng pagsusulit sa may-ari (i.e., termino sa Mateo 25:14-46; Lucas 16:1, ang konsepto ng "mamahagi," "na italaga ang sinuman"). Ito ay ang pagbibigay-diin sa pananagutan at katapatan sa ebanghelyo (cf. v. 2; 4:1; 9:17; taga-Colosas 1:25; I taga-Thesalonica 2:4; Tito 1:7; I Pedro 4:10). Hahatulan ng Diyos ang Kanyang mga katiwala (cf. vv. 4,5; 3:13). Anong isang kahanga-hangang pribelehiyo at pananagutan!

▣ **"ng mga hiwaga ng Diyos"** Ang terminong ito ay ginamit sa maraming iba-ibang paraan ni Pablo. Ang pangunahing layunin at tila na pag-iisahin ng Diyos ang mga Hudyo at mga Hentil sa isang pamilya sa pamamagitan ni Kristo, samakatuwid ay tinutupad ang Genesis 3:15 at 12:3. Tingnan ang Natatanging Paksa: ang Hiwaga sa2:1.

▣ **"na ang bawa't isa ay maging tapat"** Ito ay ang PANG-URING *pistos*. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang matapat na lingkod sa Mateo 24:45; 25:21,23!

## NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA
**(*Pistis* [PANGNGALAN], *Pisteuō*, [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])**

A. Ito'y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21).

B. Ang etimolohiya nito
   1. Ang salitang "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
   2. Ito'y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga tao), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiininan na ang pananamapalataya ni Abraham ay <u>hindi</u> sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Mga Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL
   1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
      a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
      b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Mga Gawa 10:43; taga-Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
      c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
      d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
      e. kay Hesus (Juan 12:11; Mga Gawa 19:4; taga-Galacia 2:16)
      f. sa Liwanag (Juan 12:36)
      g. sa Diyos (Juan 14:1)
   2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Mga Gawa 5:14
   3. *epi* ay nangangahulugang "sa" o sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; taga-Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
   4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa taga-Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
   5. *hoti,* na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
      a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
      b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
      c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
      d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
      e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
      f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
      g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
      h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
      i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
      j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (taga-Roma 6:8)
      k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I taga-Thesalonica 4:14)

**4:3 "Datapuwa't sa ganang akin ay isang bagay na totoong maliit ang ako'y siyasatin ninyo"** Sa Pablo ay nasa ilalim ng personal na pag-atake ng ilang mga pangkat (i.e., mga sanggol kay Kristo, cf. 3:1, o kahit na ang pang-Hudyong pagtutol na

katulad ng mga Judaizer ng Galatia) at Corinto. Ang kanilang pagtingin sa kanyang Apostolikong komisyon ay hindi isang sentrong pananagutan (ngunit ito ay napakasakit din). Siya ay nag-aalala sa kung paano isasaalang-alang ang ebanghelyo at ang iglesiya (cf. 8:13; 9:19-23; 10:23,33; II taga-Corinto 4:2; 5:11; taga-Roma 14:1-15:13).

▣ **"o sa pamamagitan ng pantaong hukuman"** Ito sa literal ay "pantaong kaaarawan." Ito ay tumutukoy sa paglilitis sa pantaong hukuman gaya ng 3:13 na tumutukoy sa "maka-Diyos" na paglilitis sa hukuman sa huling araw (cf. 1:8; 5:5). Gaya ng 4:3a na tumutukoy sa *sarkinois* (i.e., mga di-lumalagong mananampalataya ng 3:1), ang pariralang ito ay tumutukoy sa *psuchikos* (i.e., natural na mga taong walang Espiritu) ng 2:14.

▣ **"ako'y hindi nagsisiyasat sa aking sarili"** Napakahirap na siyasating may kawastuhan ang sarili sa espiritu. Kadalasan, ang mga mananampalataya ay napakabagsik sa kanilang sarili at napakaluwag sa iba. Kadalasan, ating inihahambing ang ating sarili sa ibang tao. (cf. II taga-Corinto 10:12-18). Hayaan nating ang Diyos ang humatol (cf. v. 5). Natataman Niya ang puso at mga pangyayari (cf. I Samuel 16:7; I Hari 8:39; I Cronica 28:9; Jeremias 17:10; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24).

**4:4 "Sapagkat wala akong nalalamang anomang laban sa aking sarili"** Bago pa ang kaligtasan ni Pablo, naramdaman niya ang sa ganitong paraan, patungkol sa kanyang ugnayan sa Kautusan ni Moises (cf. Mga Gawa 23:1; taga-Filipos 3:5-6). Ang Espiritu ang naghayag ng kanyang pagiging-sakim (cf. taga-Roma 7:7) at Pablo ay napatunayang nagkasala at tumugon sa biyaya ng Diyos kay Kristo lamang (cf. taga-Roma 3:19-26). Siya ay namuhay at nagministeryo sa biyayang ito bilang isang katiwala. Sa kabalintunaan ng walang-bayad na biyaya, ngunit may pananagutang pagiging-katiwala, siya ay may mapayapang budhi, ngunit tanging isang banal na Hukom sa isang eskatolohikong kaganapan ay maaaring gumawa ng nararapat na pagsusulit at gantimpala!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"napawalang-sala"** |
| **NKJV** | **"inaring-ganap"** |
| **TEV** | **"walang-sala"** |
| **NJB** | **"inaaring-ganap"** |

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isang pagkautusan na teknikal na termino para sa isang ipinawalang-sala mula sa mga kahihinatnan ng isang krimen (cf. taga-Roma 3:24). Sa teolohiya, ito ay katulad sa "walang kahatulan" sa taga-Roma 8:1 at ang legal na konteksto ng taga-Roma 8:31-35. Sa kontekstong ito, ito ay nangangahulugang si Pablo ay hindi malaya mula sa paghuhukom ng Diyos (cf. II taga-Corinto 5:10) lamang dahila ang kanyang budhi ay malinis.

▣ **"sapagka't ang nagsisiyasat sa akin ay ang Panginoon"** Ang mga katiwala ay magbibigay ng pagsusulit para sakanilang pagkamatapat (cf. v. 2; 3:11; II taga-Corinto 5:10; 10:18).

**4:5**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"Samakatuwid"** |
| **TEV** | **"kaya"** |
| **NJB** | **"sa ganiyang kadahilanan"** |

Ito ay ang konklusyon ng pagtalakay ni Pablo sa paksang ito at ito ay isang utos na nauugnay sa mga napaagang pantaong pagsusulit.

▣ **"huwag muna kayong magsihatol ng anoman"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy (cf. Mateo 7:1-5). Ang mga naghahati-hating mga pangkat o ang mga tagasunod ng bulaang mga mangangaral ay hinatulan na si Pablo. Si Pablo ay mayrong napakaraming mga kritiko sa Corinto sa pagdaan ng mga taon (cf. II taga-Corinto 10-12).

▣ **"*ngunit hintayin* hanggang sa dumating ang Panginoon"** Ang Pangalawang Pagdating ay tiyak; ang oras at kaparaanan ay di-tiyak. Ang tunay nag pagsusulit ay kailangang maghintay hangang sa tamang pagkakataon (cf. Mateo 13:24-30,36-43).

▣ **"na siya ang maghahayag ng mga bagay na nalilihim sa kadiliman"** Kahit na ang mga mananampalataya ay magbibigay ng pagsusulit sa kanilang mga motibo, mga plano, at pag-uugali (cf. 3:13; Juan 3:17-21; taga-Roma 2:16; II taga-Corinto 5:10), ngunit salamat sa Diyos, hindi sa kanilang mga kasalanan! Ginagamit ni Pablo ang katulad na salitang "mga bagay na nalilihim" (*krupta*) nang maraming beses.

1. taga-Roma 2:16 – "ang mga nakatagong bagay ng tao"
2. I taga-Corinto 4:26 – "ang mga nakatagong bagay ng kadiliman"
3. I taga-Corinto 14:25 – "ang mga nakatagong bagay ng puso"

4. II taga-Corinto 4:2 – “ang mga nakatagong bagay ng kahihiyan”

▣ **“ipahahayag naman ang mga haka ng mga puso *ng tao*”** Ito ay napakahalaga. Ito ay kung bakit tanging Diyos ang makakapaghatol ng patas. Ang mga mananampalataya ay may pananagutan lamang sa kung ano ang kanilang nauunawaan, ngunit sila ay palaging may pananagutan para sa kanilang pag-uugali at mga motibo Ang katapatan ay gagantimpalaan (cf. 3:8,14,15), ang kawalan ng katapatan ay hahatulan (cf. 3:16-17). Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 14:25.

▣ **“at kung magkagayon ang bawa't isa ay magkakaroon ng kapurihan sa Diyos”** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. Job 34:11; Awit 62:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-40; taga-Roma 2:16; 14:12; I taga-Corinto 3:8; II taga-Corinto5:10; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12) batay sa prinsipyo ng taga-Galacia 6:7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:6-7

**6 Ang mga bagay ngang ito, mga kapatid, ay inianyo ko sa halimbawa sa aking sarili at kay Apolos dahil sa inyo; upang sa amin ay mangatuto kayo na huwag magsihigit sa mga bagay na nangasusulat; upang ang sinoman sa inyo ay huwag magpalalo ang isa laban sa iba. 7 Sapagkat sino ang nag-aakalang ikaw ay nakakahigit? at anong nasa iyo na hindi mo tinanggap? ngunit kung tinanggap mo, ay bakit mo ipinagmamapuri na tulad sa hindi mo tinanggap?**

**4:6**
**NASB** **“inianyo ko sa halimbawa sa aking sarili at kay Apolos dahil sa inyo”**
**NKJV** **“pasagisag na paglilipat”**
**NRSV, TEV, NJB** **“pag-aangkop”**

Ang Griyegong salita “pagsagisag na pag-aangkop” (i.e., *meteschēmatisa*, na isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ay napakahirap isalin sa kontekstong ito. Sa ibang mga konteksto, taga-Filipos 3:21, ang TAHAS NA TINIG ay nangangahulugang “pagbabagong-anyo,” at sa II taga-Corinto 11:13-15, ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugang “pagbabalatkayo.” Ang panimulang kaisipan ay ilipat ang isang magkakasamang mga pangyayari mula sa isang pangkat patungo sa iba pang pangkat. Pablo ay using himself at Apollos bilang mga halimbawa for all mga pinuno.

▣
**NASB** **“sa amin ay mangatuto kayo na huwag magsihigit sa mga bagay na nangasusulat”**
**NKJV** **“na kayo’y matutuo sa amin na huwag mag-isip nang higit sa nakasulat”**
**NRSV** **“na matutunan niyo sa amin ang kahulugan ng kasabihang ‘walang hihigit sa kung ano ang nakasulat’”**
**TEV** **“tuparin ang wastong alituntunin”**
**NJB** **“walang magsisihigt sa nakasulat”**

Ang pariralang, “ito ay nasusulat” ay karaniwang ginamit sa NT upang ipakilala ang mga sipi sa OT. Dito, ito ay tila ipinakikilala ang isang kilalang kawikaan. Ang maaaring kahulugan ay

1. isang panimula sa isang sipi mula sa OT (cf. 1:19,31; 3:19)
2. isang islogan ng pangkat sa isa sa mga pangkatin sa Corinto
3. “sundin ang mga wastong utos” (i.e., mga mananampalataya ay kailangang mamuhay na may pagpapasakop sa Banal na Kasulatan:
    a. lalo na sa mga sinipi ni Pablo sa mga kabanatang 1-3
    b. hindi lumagpas sa Banal na Kasulatan tulad ng ilang Hudyong bulaang mga mangangaral)

▣
**NASB** **“upang ang sinoman sa inyo ay huwag magpalalo ang isa laban sa iba”**
**NKJV** **“na wala sa inyo ang maaaring maitaas sa kapakanan ng isa laban sa iba”**
**NRSV** **“upang wala sa inyo ang magmapuri sa may pinapanigan laban sa iba”**
**TEV** **“wala na sa inyo na magmataas sa isa at hamakin ang iba”**
**NJB** **“walang sinuman sa inyo ang kailangan mapuno ng kanyang sariling kahalagahan at gumawa ng paghahambing, sa kapinsalaan ng iba”**

Ang Griyego terminong *phusioō* sa orihinal ay nangangahulugang pataasin o pamagain ang isang bagay (i.e., Robertson, *Word Pictures in the NewTestament*, p. 105, at Vincent, *Word Studies*, p. 766, mula sa *phusa* – pumalahaw). Ito ay ginamit sa Kristiyanong panitikan (maaaring kinatha ni Pablo) na talinghaga para sa kayabangan o pagmamataas. Ito ay isang pangunahing espritwal na suliranin para sa iglesiya sa Corinto. Ginagamit ni Pablo ang salitang ito sa I taga-Corinto 4:6,18,19; 5:2; 8:1; 13:4 at sa isang lata ng mga kasalanan sa II taga-Corinto 12:20. Ito lamang ay ginamit sa labas ng mga sulat sa Corinto sa NT sa taga-Colosas 2:18, kung saan ito ay tumutukoy to Gnostikong pangitain ng natatanging kaalaman.

Ang mga mananampalataya ay hindi dapat pumili nang may pagmamataas ang ilang mga mangangaral sa iba pang mga mangangaral. Kailangan nilang hatulan ang mga tagapagpahayag sa nilalaman ng kanilang mensahe (I Juan 4:1-6) at kanilang pamumuhay (Mateo 7:1ff), hindi sa kanilang pagpapakilala o kanilang personalidad o sa kanilang pansariling o kanilang

pansariling pagtatangi o sa pantaong mga pinuno kanilang inaangkin bilang kanilang sarili (i.e., denominasyon).

**4:7**
**NASB** **"Sapagkat sino ang nag-aakalang ikaw ay nakakahigit"**
**NKJV** **"Sapagkat sino ang gumawa sayo na maging di katulad *ng iba*"**
**NRSV** **"Sapagkat sino ang nakakakita ng anumang kakaiba sa inyo"**
**TEV** **"Sino ang gumawa sa'yo na mas nakakahigit sa iba"**
**NJB** **"Sino ang gumawa sa'yo na lubhang mahalaga"**

Ang PANGHALIP NA "ikaw" at ang mga pandiwa ay PANG-ISAHAN sa v. 7, ngunit ito ay nagpapautuloy na isang "kahit-sino-sa inyo" na konteksto. Ang PANGMARAMIHAN "kayo" ay nagpapatuloy sa v. 8.

Ang Griyegong saling termino *diakrinō* ay madalas gamitin sa I taga-Corinto at sa maraming kaunawaan.

1. maitangi o maigawad ang isang kataasan (cf. 4:7)
2. maghatol (cf. 6:5)
3. gumawa ng isang pagkakaiba (cf. 11:29)
4. siyasatin (cf. 11:31; 14:29)
5. intindihin (ang pangngalang anyo ng *diakrisis*, cf. 12:10)

Ang kaugnay na tambalang *anakrinō* ay ginamit sa 2:15 (dalawang beses); 4:3,4 at 14:24. Ang wastong proseso ng pagsusulit sa pagitan ng mga mananampalataya at mga pinuno at sa pagitan ng mga pinuno at mga pinuno ay napakahalaga para sa iglesiya sa Corinto.

Ang tanong/sagot na ayos ay isang karaniwang pamamaraan ng pagtuturo ni Pablo na kilala bilang "diatribe." Ito ay isang karaniwang OT (cf. Malakias) at rabinikong pamamaraan. Si Pablo ay tila nagpapahayag sa mga mapagmataas na mga pinuno ng mga nagkakahati-hating pangkat (maaaring mga bahay iglesiya).

**"anong nasa iyo na hindi mo tinanggap"** Nagpapaalala si Pablo sa mga mapagmataas na pinuno na hindi sila ang pinagmulan o tagapagtuklas ng katotohanan, ngunit ang mga tagatanggap ibang ministeryo.

**"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng manunulat o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ito ay ang pangatlong retorikong tanong ng v. 7. Ang ilang mga pinuno at kanilang tagasunod ay kumikilos na sila ay ang pinagmula ng mga katotohanan na kanilang pinapahayag. Isa pang suliranin ng Corinto ay pantaong kayabangan (cf. 1:29,31; 3:21; 4:7; 13:4). Tingnan ang Natatanging Paksa at 5:6.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:8-13

**[8]Kayo'y mga busog na, kayo'y mayayaman na, kayo'y mga hari nang wala kami: at ibig ko sanang maghahari
kayo, upang kami nama'y mangagharing kasama ninyo. [9]Sapagka't iniisip ko, na pinalitaw ng Diyos kaming mga
apostol na mga kahulihulihan sa lahat, na tulad sa mga itinalaga sa kamatayan: sapagka't kami'y ginawang panoorin ng
sanglibutan, at ng mga anghel, at ng mga tao. [10]Kami'y mga mangmang dahil kay Kristo, ngunit kayo'y marurunong
kay Kristo; kami'y mahihina, ngunit kayo'y malalakas; kayo'y may karangalan, datapuwa't kami ay walang kapurihan.
[11]Hanggang sa oras na ito'y nangagugutom kami, at nangauuhaw, at mga hubad, at mga tinampal, at wala kaming tiyak
na tahanan; [12]At kami'y nangagpapagal, na nangagsisigawa ng aming sariling mga kamay: bagama't inuupasala, ay
kami'y nangagpapala; bagama't mga pinaguusig, ay nangagtitiis kami; [13]Bagama't mga sinisiraangpuri, ay aming
pinamamanhikan: kami'y naging tulad ng yagit sa sanglibutan, sukal ng lahat ng mga bagay hanggang ngayon.**

**4:8-13** Ito ay nakakagulat na panunuya!

**4:8**
**NASB** **"Kayo'y mga busog na"**
**NKJV** **"Kayo'y mga buo na"**
**NRSV** **"Taglay mo na ang kailangan no"**
**TEV** **"Nasa iyo na ba ang lahat ng bagay na inyong kailangan**
**NJB** **"mayroon ka na nang lahat ng bagay"**

Ang PANGHALIP NA "kayo" ay PANGMARAMIHAN sa vv. 8,10. Ang terminong ito, "puno" ay karaniwang ginamit sa pisikal na pagkain (cf. Mga Gawa 27:38), ngunit dito, ito ay isang talinghaga (cf. Mateo 5:6) ng espiritwal na pagmamataas. Ang talata 8 ay maaaring tatlong katanungan (cf. TEV) o tatlong pahayag (cf. NASB, NKJV, RSV, at REB). Ang mga ito ay kalipunan ng mga panunuyang pahayag o katanungan na naghahayag ng pagmamataas ng naghahati-hating mga pinuno ng Corinto. Kanilang iniisip na sila ay dumating na (i.e., GANAP NA BALINTIYAK PERIPHRASTIC). Ninanais ni Pablo na kanila nang taglay, ngunit ito ay hindi totoo; ang kanilang mga pagkilos ay naghahayag ng kanilang antas sa paglago (i.e., mga sanggol kay Kristo).

**"mga hari…maghahari"** Si Pablo ay gumagamit ng eskatolohikong paglalarawan upang kalugin ang aroganteng

pansariling kasapatan ng mga pinuno. Kay Kristo ang lahat mga mananampalataya ay kasamang maghahari ang Haring Hesus, ngunit pagkatapos lamang ng Pangalawang Pagdating. Ang mga pinunong ito ay inaakala nang sila na ang naghahari, sa espiritwal na kaunawaan.

**4:9 "na pinalitaw ng Diyos kaming mga apostol na mga kahulihulihan sa lahat, na tulad sa mga itinalaga sa kamatayan"** Ang talatang ito ay isang paglalarawan na kinuha mula sa isang matagumpay na Romanong Martsa (cf. taga-Colosas 2:15), kung saan ang mga naparusahang bilanggo (i.e., kadalasan pagkatapos ay pinapatay sa Romanong arena, cf. 15:32) ay itinatanghal na huli sa isang Romanong parada ng tagumpay.

## NATATANGING PAKSA: SINUGO (*APOSTELLŌ*)

Ito ay karaniwang Griyegong salita para sa "ipinadala" (i.e., *apostellō*) Ang salitang ito ay mayroong ilang mga teolohikong pagkakagamit.

1. ang mga rabi ay ginagamit ito bilang isang tinawag at ipinadala bilang opisyal na kinatawan ng iba, isang bagay gaya ng sa ating Ingles na "embahador" (cf. II taga-Corinto 5:20)
2. ang mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit itong salita ni Hesus na ipinadala ng Ama. Sa Juan ang salita ay kumukuha ng pag-Mesias na pakahulugan (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48 at lalo na sa Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginamit sa pagsusugo ni Hesus ng mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21)
3. ang NT ay ginamit ito para sa mga alagad
   a. ang orihinal na labindalawang pangloob na pangkat ng mga alagad (cf. Lucas 6:13; Mga Gawa 1:21-22)
   b. isang natatanging pangkat ng mga tumutulong sa Apostol at mga kamanggagawa
      (1) si Barnabas (cf. Mga Gawa 14:4,14)
      (2) sina Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. taga-Roma 16:7)
      (3) si Apolos (cf. I taga-Corinto 4:6-9)
      (4) si Santiago ang kapatid na lalaki ng Panginoon (cf. taga-Galacia 1:19)
      (5) sina Silvano at Timoteo (cf. I taga-Thesalonica 2:6)
      (6) maaaring si Tito (cf. II taga-Corinto 8:23)
      (7) maaaring si Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25)
      (8) isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)
4. Si Pablo ay gumagamit ng ganitong katawagan (o titulo) sa sa kanyang sarili sa halos lahat ng kanyang mga sulat na isang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kapamahalaan (awtoridad) na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawan ni Kristo (cf. taga-Roma 1:1; I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

▣ **"kami'y ginawang panoorin ng sanglibutan, at ng mga anghel, at ng mga tao"** Si Pablo ay tumutukoy sa mahirap na tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo (cf. II taga-Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:23-30).

Ang pariralang "ng mga anghel" ay maaaring maiugnay sa taga-Efeso 2:7; 3:10. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa mundo ng mga anghel sa pamamagitan ng Kanyang mga pagkilos ukol sa mga tao (cf. I Pedro 1:12).

**4:10 "Kami'y mga mangmang dahil kay Kristo"** Ang karunungan ng Diyos ay kamangmangan sa mundo, kahit na minsan sa mga aroganteng Kristiyano. Para sa "Mga mangmang" tingnan ang tala sa 1:25 at Natatanging Paksa sa 15:36.

▣ **"ngunit kayo'y marurunong kay Kristo… ngunit kayo'y malalakas; kayo'y may karangalan"** Ito ay nakakasakit na panunuya na nagpapatuloy mula sa 7-9.

▣ **"mahihina"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

**4:11 "Hanggang sa oras na ito'y nangagugutom kami, at nangauuhaw, at mga hubad, at mga tinampal, at wala kaming tiyak na tahanan"** Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng sariling karanasan ni Pablo (cf. II taga-Corinto 4:7-12; 6:3-10 at 11:23-30, pansinin din ang Hebreo 11:34-38). Sinulat niya ang I taga-Corinto mula sa Efeso.

**4:12 "kami'y nangagpapagal, na nangagsisigawa ng aming sariling mga kamay"** Ito ay nagpapakita ng pang-Hudyong pagbibigay-diin sa kaangkupan ng trabahong pangkamay (cf. Mga Gawa 18:3; 20:34; I taga-Thesalonica 2:9; II taga-Thesalonica 3:8). Ito ay pinapababa ng Griyegong kultura, kasama ang iglesiya sa Corinto.

▣ **"bagama't inuupasala, ay kami'y nangagpapala"** Inilalarawan ni Pablo ang mga katuruan ni Hesus (cf. Mateo 5:10-12; I Pedro 2:23). Ang terminong "laitin" (i.e., *loidoreō*) ay kasama rin sa tala ng mga kasalanan sa I taga-Corinto 5:11 at 6:10

(i.e., *loidoros*). Si Vincent, *Word Studies*, ay sinasabing terminong ito ay tumutukoy sa personal na pang-abusong berbal, habang ang terminong "paninirang-puri" (i.e., *dusphēmeō*, cf. v. 13) ay nangangahulugang pangmadlang paninirang-puri (cf. 4:13; II taga-Corinto 6:8). Hindi ko matiyak ang pagkakaibang ito. Sila ay kapwa bahagi ng isang malaking bilang ng Koine Griyegong terminong ginamit sa semantikong kategorya ng "pag-alipusta at panlalait" (cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, vol. 1, pp. 433-434).

Si Pablo ay nakaranas ng pang-aabusong berbal mula sa maraming bulaang mga mangangaral, ngunit ang iglesiyang ito na nasa Corinto ay siyang nagbigay ng pinakamalaking sugat sa kanya. Isang pangkat ng tao na kanyang dinala nang personal kay Kristo ay naging kanyang pinakamaingay na maninirang-puri.

**4:13 "pinamamanhikan"** Tingnan ang buong tala sa II taga-Corinto 1:4-11.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kami'y naging tulad ng yagit sa sanglibutan, sukal ng lahat ng mga bagay hanggang ngayon"** |
| **NKJV** | **"kami'y naging madumi sa mundo, ginagalugad ang lahat ng bagay"** |
| **NRSV** | **"kami'y naging yagit sa mundong ito, latak ng lahat ng bagay"** |
| **TEV** | **"kami'y di hihigit sa basura ng mundo; kami'y mga hamak sa mundo"** |
| **NJB** | **"kami ay itinuturing na gaya ng latak ngayon sa mundo, ang pinakamababang hamak"** |

Ang talatang ito (vv. 8-13) ay nagpapakita ng personal na sakit ni Pablo na nakapaloob sa pangangaral ng ebanghelyo. Kanyang naramdaman ang panghihiya at di-pagtanggap hindi lamang ng mga di-manamamanpalataya, ngunit ng mga aroganteng mga pinuno sa Corinto.

Ang unang pariralang "hamak sa mundo" ay tumutukoy sa kung ano ang naiiwan pagkatapos na nalinis ang mga kasangkapan sa kusina. Ito sa literal ay "linisin ang lahat ng nakapaligid sa lahat ng mga gilid." In defining these rare synonyms ang question of ang origin of Pablo's metaphors ay napakahalaga.

1. Kung siya ay gumagamit ng kaligiran sa OT na nahahayag sa pamamagitan ng Griyegong salin, ang Septuagint, ang terminong ito ay ginamit sa isang masusing paglilinis at sa gayon ay isang pagtutubos (cf. Kawikaan 21:18). Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, *Greek/English Lexicon*, p. 647, at A. T. Robertson, *Word Pictures*, p. 108, ay iminumungkahi na ito ay maaaring maunawaan bilang "pinatakas na kambing," maaaring mula sa paggamit nito Tobit 5:19.
2. Kung siya ay gumagamit ng Helenistikong kaligiran, ang dalawang termino sa v. 13 ay kasingkahulugan ng kung anog ang natanggal sa isang masusing paglilinis.
3. Kung siya ay ginagamit sila nang patalinghaga, ngayon, sila ay kapwa tumutukoy sa pagpapakumbaba (cf. Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, *Greek/English Lexicon*, p. 653).

Ang pangalawang parirala na "mga latak ng lahat ng bagay" ay tumutukoy din sa kung ano ang nakayod sa proseso ng paglilinis. Ang dalawang termino ay magkasingkahulugan. Sila ay malalakas na termino, ngunit ginamit bilang mga talinghaga o mga wikain. Maaaring sila ay napakalakas at makulay sa atin dahil sila ay di-karaniwang termino. Sila ay nakakatulong upang pag-ibayuhin pa ang panunuya ni Pablo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:14-21

**[14]Hindi ko isinusulat ang mga bagay na ito upang kayo'y hiyain, kundi upang paalalahanan kayong tulad sa aking mga minamahal na anak. [15]Sapagkat bagaman mangagkaroon kayo ng di-mabilang na mga guro kay Kristo, ay wala nga kayong maraming mga ama; sapagka't kay Kristo Hesus ipinanganak ko kayo sa pamamagitan ng ebanghelyo. [16]Ipinamamanhik ko nga sa inyo, na kayo'y maging mga tagatulad sa akin. [17]Dahil dito'y aking sinugo sa inyo si Timoteo, na aking minamahal at tapat na anak sa Panginoon, na siya ang sa inyo'y magpapaalaala ng aking mga daang nanga kay Kristo, gaya ng itinuturo ko saan mang dako sa bawa't iglesia. [18]Ang mga iba nga'y nangagpapalalo, na waring hindi na ako mapapariyan sa inyo. [19]Ngunit ako'y pariririyan agad sa inyo, kung loloobin ng Panginoon; at aking aalamin, hindi ang salita ng nangagpapalalo, kundi ang kapangyarihan. [20]Sapagka't ang kaharian ng Diyos ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan. [21]Anong ibig ninyo? pariririyan baga ako sa inyo na may panghampas, o sa pagibig, at sa espiritu ng kahinahunan?**

**4:14 "Hindi ko isinusulat ang mga bagay na ito upang kayo'y hiyain"** Ang mga talatang 8-13 ay naging lubhang panunuya. Nararamdaman ni Pablo na dapat silang mahiya (cf. 6:5; 15:34). Ito ay di-tiyak kung ang talatang ito (i.e., vv. 14-24) ay tumuturo pabalik (i.e., chapters 1-4) o pasulong. Napakarami nilang dapat ikahiya.

▣ **"kundi upang paalalahanan kayong tulad sa aking mga minamahal na anak"** Si Pablo ay gumagamit ng talinghaga ng pagsasanay ng bata upang upang himukin ang taga-Corinto (cf. taga-Efeso 6:4). Ito ay isang tambalang Griyegong salita (i.e., "isip" dagdagan ng "ilagay") na ginamit upang magpaalala (cf. 10:11 at Tito 3:10). Isang kaugnay na termino (i.e., "kasamang" dagdagan ng "pagpapaalala") ay ginamit sa v. 17; 11:24-25; II taga-Corinto 7:15.

**4:15 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣
**NASB** **"di-mabilang na mga guro"**
**NKJV** **"sampung libong mga guro"**
**NRSV, TEV** **"sampung libong tagapag-alaga"**
**NJB** **"sampung libong mga alipin na mag-aasikaso sa inyo"**

Ito sa literal ay "mga aliping tagapagturo" (cf. taga-Galacia 3:24). Ang mga aliping ito ay may pananagutan sa paghahatid ng mas matatandang lalaking bata sa paaralan, tinuturuan sila sa bahay, at binabantayan sila mula sa kapamahakan.

▣ **"mga ama . .ama"** Ito ay talinghaga ni Pablo para sa paglalarawan ng kanyang sarili bilang ang ebanghelista na panimulang nag-akay sa kanila sa pananampalataya kay Kristo. Nararapat dito ang ilang paggalang at prayoridad!

**4:16 "Ipinamamanhik ko nga sa inyo, na kayo'y maging mga tagatulad sa akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Nakuha natin ang Ingles na salitang "mimic" mula sa dito sa Griyegong termino "manggagaya." Ipinamumuhay ni Pablo ang kanyang pananampalataya (cf. I taga-Corinto 11:1; taga-Filipos 3:17; 4:9; I taga-Thesalonica 1:6; 3:9) at tinawag niya ang mga pinuno ng Corintong iglesiya na gawin din ito.

▣ **"pinamamanhik"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaginhawaan sa I taga-Corinto 1:10.

**4:17 "aking sinugo sa inyo si Timoteo"** Wala tayong iba pang biblikal na tala sa kanyang pagdalaw. Si Timoteo ay naligtas noong unang pang-misyong paglalakbay at kinalap bilang isang alagad sa pangawala. Siya ay naging mapagkakatiwalaang kaibigan, kasama, kamanggagawa, at apostolikong kinatawan ni Pablo. Ang pagpapadala kay Timoteo ay nagpapakita ng pag-ibig at pagmamalasakit ni Pablo sa iglesiyang ito. Ngunit nag-aalala si Pablo patungkol sa kung papaano ang ilan sa iglesiya ay pakikitunguhan ang kanyang batang kaibigan at personal na kinatawan, si Timoteo (cf. 16:10-11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Timoteo sa II taga-Corinto 1:1.

▣ **"gaya ng itinuturo ko saan mang dako sa bawa't iglesiya"** Ninais ni Pablo na bigyang-diin na ang iglesiya sa Corinto ay pinagkalooban ng parehong katuruan na gaya ng lahat ng iba pang mga iglesiya (cf. 7:17; 11:16; 14:33). They were hindi natatangi o nauna. Wala silang karapatan na maging kakaiba, naiiba, o avant garde. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya at 1:2.

**4:18-21** Ito ang panghinaharap na planong paglalakbay ni Pablo, na kanilang maiuugnay sa Corinto. Ginawa niya ito dahil ang ilan sa iglesiya ay ginagamit ang pagkawala ni Pablo bilang isang paraan ng pag-atake (cf. v. 18). Kanilang ipinapahayag na (1) ang pagkawala ni Pablo ay isang tanda na hindi siya tunay na nag-aaruga sa iglesiyang ito o (2) hindi niya tinutupad ang kanyang mga pangako.

**4:18 "Ang mga iba nga'y nangagpapalalo"** Ginagamit ni Pablo ang terminong ito nang tatlong beses sa kabanatang ito (i.e., vv. 6,18,19) at maraming beses sa mga sulta sa Corinto (cf. I taga-Corinto 5:2; 8:1; 13:4 at II taga-Corinto 12:20). Ito ay isang natatanging suliranin para sa iglesiyang ito. Tingnan ang tala sa 4:6.

**4:19 "ako'y pariiriyan agad sa inyo"** Si Pablo ay babalik muli at muli upang palakasin ang mga iglesiya na kaniyang sinumula (cf. 11:34; 16:5). Ninais ni Pablo na bumalik sa kanila, ngunit ang kanyang buhay ay hindi sa kanya. Kailangan niya hanapin at sundin paggabay ng Espiritu (cf. Mga Gawa 16:6).

▣ **"kung loloobin ng Panginoon"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ito ay hindi walang kabuluhang parirala para kay Pablo (cf. 16:7; Mga Gawa 18:21; taga-Roma 1:10; 15:32).

▣
**NASB** **"at aking aalamin, hindi ang salita ng nangagpapalalo, kundi ang kapangyarihan"**
**NKJV** **"at aking aalamin, hindi ang salita ng mga nagmamataas, ngunit ang kapangyarihan"**
**NRSV** **"at aking hahanapin, hindi ang mga salita ng aroganteng tao ngunit ang kanilang kapangyarih"**
**TEV** **"at ngayon aking hahanapin ang kapangyarihan na taglay ng mga mapagmataas na tao, hindi lamang kanilang sasabihin"**
**NJB** **"at ngayon, aking hahanapin, hindi ang sinasabi ng mapahalaga sa sariling mga tayo, ngunit ang kapangyarihan na kanilang taglay"**

Ang bulaang mga mangangaral ay mahusay sa kanilang pananalita ngunit walang kapangyarihan sa mga bunga nito (cf. Matthew 7).

**4:20 "kaharian ng Diyos"** Hindi ginamit ni Pablo ang konseptong ito na gaya ng ginawa ni Hesus (i.e., karamihan sa mga

Sinoptikong Ebanghelyo). Ito ay tumutukoy sa paghahari ni Diyos sa mga puso ng tao ngayon (cf. taga-Roma 14:17), na sa isang araw ay malulubos sa lahat ng lupa, gayundin sa langint (cf. Mateo 6:10). Mas ginagmit ni Pablo ang pariralang ito sa I taga-Corinto (cf. 4:20; 6:9; 15:24,50) kaysa sa iba niyang mga sulat. Ang mga mananampalatayang ito ay kailangang malaman na sila ay bahagi ng isang mas malaking Kristiyanong adyenda (cf. v. 17).

## NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay ipinahayag ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, “ang kaharian ng Diyos.” Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , ginamit na karaniwang designasyon, isang paggamit ng pangalan ng pagka-Diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito’y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabula ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang “walang hanggang buhay” ay ang susing talinghaga.

Ang pag-igting (tensyon) sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay tumuon lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalik—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pang-Hudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit balang-araw ay maghahari sa buong sanlibutan. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataya ay namumuhay sa “nangyari na” laban sa “ang hindi pa” sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart, *How to Read The Bible For All Its Worth*, pp. 131-134).

▣ **“ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan”** Upang ilagay ang katotohanang ito sa isang Amerikanong kawikaan, “ang mga pagkilos ay mas malakas ang sinasabi kaysa sa mga salita” o “ang patunay ay nasa puding.”

**4:21 “panghampas”** Ito ay tumutukoy sa panghampas ng tagapagturo (cf. 4:15). Ang iglesiyang ito ay magpapasiya kung si Pablo ay darating bilang isang magdidisiplinang ama o isang mapagpatawad na ama. Ang kanilang pagkilos ang magpapasya ng kanyang pamamaraan.

▣ **“sa espiritu ng kahinahunan”** Sa *Synonyms of the Old Testament,* ni Robert Girdlestone ay may isang nakakawiling pagtalakay sa mga paggamit ng terminong “espiritu” sa NT (pp. 61-63).

1. mga masamang espiritu
2. ang pantaong espiritu
3. ang Banal na Espiritu
4. ang mga bagay na ginagawa ng Espiritu sa at sa pamamagitan ng pantaong mga espiritu
    a. ‘hindi isang espiritu pagkaalipin laban sa isang espiritu ng pagkukupkop’ - taga-Roma 8:15
    b. ‘isang espiritu ng kaamuhan’ - I taga-Corinto 4:21
    c. ‘isang espiritu ng pananampalataya’ - II taga-Corinto 4:13
    d. ‘isang espiritu ng karunungan at kapahayagan sa kaalaman sa Kanya’ - taga-Efeso 1:17
    e. ‘hindi isang espiritu ng kakimihan laban sa kapangyarihan, pag-ibig at disiplina’ - II Timoteo 1:7
    f. ‘espiritu ng kamalian’ laban sa ‘espiritu ng katotohanan’ - I Juan 4:6” Tingnan ang iba pang tala sa “espiritu” sa II taga-Corinto 4:13.

*The Jerome Bible Commentary, NT*, p. 260, ay binanggit na ang huling pangungusap na ito sa v. 21 ay maaaring isang pagkabanggit sa Job 37:13.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling

interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mga mananampalataya hindi dapat humahatol sa kanilang mga sarili o ipahintulot na na iba ay gawin ito? Paano ito maiuugnay sa sating Kristiyanong patotoo?
2. Ano ang sinasabi ng talataan, mga talatang 6-13, tungkol sa mga motibo at pamumuhay ng mga makabagong ministro?
3. Bigyan ng kahulugan ang terminong “Kaharian ng Diyos.”
4. Kilalanin at ipaliwanag ang paggamit ni Pablo ng panunuya sa kabanatang ito.

# I MGA TAGA-CORINTO 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | Kaguluhan sa Corinto | | |
| | | (5:1-6:20) | Imoralidad sa loob ng Iglesiya | |
| Paghuhukom laban sa Imoralidad | Dinudungisan ng imoralidad ang Iglesiya | Kaso ng Disiplinang Kristiyano | | Pakikiapid sa Corinto |
| 5:1-8 | 5:1-8 | 5:1-2 | 5:1-5 | 5:1-5 |
| | | 5:3-5 | | |
| | | 5:6-8 | 5:6-8 | 5:6-8 |
| | Ang Imoralidad ay dapat pagbayaran | | | |
| 5:9-13 | 5:9-13 | 5:9-13 | 5:9-11 | 5:9-13a |
| | | | 5:12-13 | 5:13b |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### TEOLOHIKONG KALIGIRAN SA DISIPLINANG PANG-KRISTIYANO

A. Ito ay ilang mga sipi sa NT ukol sa disiplinang pang-iglesiya. (cf. I taga-Corinto 5:2,7,13; II taga-Corinto 2:5-7; II taga-Thesalonica 3:14- 15; I Timoteo 1:20; Tito 3:10).

B. Ang disiplinang pang-iglesiya ay may tatlong layunin.
   1. upang mapanatili ang reputasyon at integridad ng lokal na iglesiya
   2. upang tulungang alalayan at ibalik ang nagkakamaling mga kapatid sa kasunduan (cf. II taga-Corinto 2:5-11; II taga-Thesalonica 3:14-15)
   3. upang hindi maging sanhi ng pagkakasala ng ibang Kristiyano (cf. I Timoteo 5:20)

C. Mayroong nakahandang daang patungo.
   1. una, palihim na paghaharap, kung hindi matagumpay, personal na pagpapaalis (cf. Mateo 18:15; taga-Galacia 6:1; II taga-Thesalonica 3:14-15; Tito 3:10)
   2. pangalawa, maliit na grupong paghaharap (cf. Mateo 18:16)
   3. pangatlo, publikong pagbubukod sa samahang Kristiyano (cf. Mateo 18:17; I taga-Corinto 5:1; I Timoteo

1:20)

4. ang layunin ay palaging para sa pagsisisi at panunumbalik, hindi lang pagbubukod at kaparusahan (cf. II taga-Corinto 2:6-8; taga-Galacia 6:1)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-2**

**[1]Sa kasalukuya'y nababalita na sa inyo'y may pakikiapid, at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil, na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kaniyang ama. [2]At kayo'y mga mapagpalalo, at hindi kayo bagkus nangalumbay, upang maalis sa gitna ninyo ang gumagawa ng gawang ito.**

**5:1 "Sa kasalukuya'y nababalita"** Ang salitang Ingles na 'actually' ay ang Griyegong *holōs*, isang bihirang anyo na ilang beses makikita sa I Corinto. (cf. 5:1; 6:7; 15:29). Ito ay isang anyo ng salitang *holos*, na ang ibig sabihin ay "ganap," "kabuuan." Ang bihirang paraan na ito ay tila ba nangangahulugang "balitang-balita" (cf. NJB). Ito marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit si Pablo ay nababahala sa garapal na kahalayan. Ang iglesiyang nasa Corinto ay nagpupuri pa rito at ito ay nababalita na sa iba pang mga iglesiya. Kinailangang harapin ni Pablo ang ganitong mga karumal-dumal na gawa, at ang kilos ng iglesiyang ito ay baka magkaroon ng masamang epekto sa lahat ng iglesiya. (i.e. ang prinsipyo ng libadura, cf. vv. 6-8).

▣ **"pakikiapid"** Ito ang Griyegong termino na "*porneia"* na pangkalahatang tawag sa kahalayan. Nakuha ang salitang Ingles na 'pornography' mula sa salitang ito. Ang Griyegong Corinto ay kilala sa sekswal na pagkawala ng delikadesa. Maging ang mga pagano ay nagulat sa immoral na impresyon na ito ng Corinto. Tingnan ang Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*.

Sa OT mayroong pagkakaiba ang terminong "pangangalunya" (i.e. isa o parehong kasal) at "pakikiapid" (i.e parehong di-kasal), pero hindi iyon ang kaso sa Griyegong Koine. (cf. Mga Gawa 15:20, 29). Ang katawagang ito ay tumutukoy sa kahit anong sekswal na kahalayan (i.e., pangangalunya, pakikiapid sa hindi asawa, homoseksuwalidad, maging pakikiapid sa hayop). Narito ang nalalabag nasa Levitico 18:8; Deuteronomio 27:20.

▣ **"at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil"** Ang kahalay-halay na relasyong ito ay ipinagbabawal ng Kautusan ni Moises (cf. Levitico 18:8 and Deuteronomio 22:30), ngunit ito pa rin ay maaring kagulat-gulat maging sa mga immoral na pagano ng Corinto. Ito ay 'sobra na' maging para sa unang siglo ng kulturang Romano. (cf. Gaius, *Inst.* I, 63 at *Oxford Classical Dictionary* 8, 539-540).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ang mga Gentil"** |
| **NRSV** | **"mga pagano"** |
| **TEV** | **"ang pagano"** |
| **NJB** | **"mga Gentil"** |

Si Pablo ay may natatanging kagamitan sa mga terminong ito. Mayroong malaking pagkakiba sa pagitan ng Hudyo at Hentil. Ang "mga bansa" ay mayroong negatibong kahulugan. Ginagamit ni Pablo ang Hentil, bilang paghalili sa mga hindi mananampalataya. Marami sa kanyang mga sinusulatan ay hindi mga Hudyo.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kanyang ama"** |
| **NKJV** | **"na ang isa'y naari ng asawa ng kanyang ama"** |
| **NRSV** | **"na ang isa'y kinakasama ang asawa ng kanyang ama"** |
| **TEV** | **"na ang isa'y kinakasama ang kanyang tiyahin"** |
| **NJB** | **"na isa sa inyo'y kinakasama ang kanyang tiyahin"** |

Ito ay tila tumutukoy sa pakikisama niya sa kanyang tiyahin. Ang lalaki

1. ay inakit ang kanyang tiyahin mula sa kanyang ama
2. ay nakikisama sa kanyang diborsyadong tiyahin
3. ay nakikisama sa kanyang balong tiyahin

**5:2** Maaring ang talatang ito ay (1) tatlong tanong; (2) tatlong pahayag (NASB, NKJV); o (3) kombinasyon (cf. NRSV, TEV, NJB, NIV).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"at kayo'y mapagpalalo"** |
| **NKJV** | **"ika'y mapaglalo"** |
| **NRSV** | **"ika'y mayabang"** |
| **TEV** | **"Paano ka ngayon magmamalaki"** |
| **NJB** | **"At ika'y puno ng pagpapalalo"** |

Ito ay GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI ng terminong "mapaglalo," na madalas gamitin sa sulat sa Corinto (cf. 4:6, 18, 19; 5:2; 8:1; 13:4; II taga-Corinto 12:20). Mayroon itong kasamang "upang maging" na PANDIWA, na ginagawa itong GANAP NA PERIPHRASTIC, na nagpapahiwatig ng isang maayos na kalagayan. Ang tunay na suliranin ay ang kilos ng iglesiya (i.e., PANGMARAMIHANG PANGHALIP at MGA PANDIWA). Sila ay masaya sa situwasyong ito.

Ang nakakagulat na insidenteng ito ay mayroong ilang maaaring makatuwirang paliwanag.

1. mula sa pangkalahatang kahulugan maaaring nakita ng iglesiyang ito bilang isang halimbawa ng radikal na kabaguhan na dala ng kaligtasan
2. sinasalamin nito ang pagka-Hudyo ng Rabbi Aqibah, inilalarawan kung paanong ang isang bagong balik-loob ay ibang tao na (i.e., A.T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, p. 111), kaya naman, sa panahon ng Corinto hindi ito tinuring na pakikiapid, kundi kalayang Kristiyano (i.e., kabaguhan ng isa kay Kristo).

▣

**NASB "at hindi kayo bagkus nangalumbay"**
**NKJV "at hindi tila mandin nangalumbay"**
**NRSV "Di ba dapat kayo'y nangalumbay"**
**TEV "Sa kabaligtaran, dapat kayo'y puno ng kalungkutan"**
**NJB "Mas maganda siguro kung kayo'y masakit na nagdadalamhati"**

Ang salitang Griyegong ito (i.e., *pentheō*, cf. Mateo 5:4; 9:15; II taga-Corinto 12:21; Santiago 4:9) ay gamit sa pagluluksa sa namatay (cf. Pahayag 18:8, 11). Sa lipunan ng mga Hudyo, ang pagluluksa ay ginagawa para sa namatay, sa ilang sakuna o para sa kalapastanganan sa Diyos (cf. Marcos 14:63).

▣

**NASB "upang maalis sa gitna ninyo ang gumagawa ng gawang ito"**
**NKJV "maaring makuha mula sa inyo"**
**NRSV "maaring maalis mula sa inyo"**
**TEV "dapat maalis sa inyong pagsasama"**
**NJB "ay pinalayas sa komunidad"**

Ito ay isang BALINTIYAK NA PANAKALI NA AORIST. Ang salitang Griyegong ito ay nangangahulugang "buhatin at ialis," madalas may kinasasangkutang paghatol (cf. Mateo 24:39) at pagkawasak (cf. Juan 11:48). Ang layunin ng disiplinang pang-iglesiya ay may tatlong bahagi.

1. paglilinis ng lokal na iglesiya (i.e., mula sa pagalis ng kasalan at ang panunumbalik ng larawan nito sa lokal na komunidad)
2. ang pagbabago at pagtubos ng mga nagkamaling mananampalataya. Ito ay maaari lamang dahil sa v. 5 (parehong termino rin ang ginamit sa Lucas 23:18) na ito ay tumutukoy sa kamatayan ng nagkamaling (mga) mananampalataya.
3. ibang mga mananampalataya na nakita ang displina ng Panginoon ay nahikayat na huwag gumawa ng kasalanan

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:3-5

**[3]Sapagka't ako sa katotohanan, bagama't wala sa harapan ninyo sa katawan nguni't ako'y nasa harapan ninyo sa espiritu, akin ngang hinatulan na ang gumawa ng bagay na ito, na tulad sa ako'y nahaharap, [4]Sa pangalan ng ating Panginoong Hesus, nang nangagkakatipon kayo, at ang aking espiritu, na taglay ang kapangyarihan ng ating Panginoong Hesus, [5]Upang ang ganyan ay ibigay kay Satanas sa ikawawasak ng kaniyang laman, upang ang espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Hesus.**

**5:3-5** Ang talatang ito ay isang talinghagang panghukuman. Pinagpalagay ni Pablo na ang iglesiya ay tinatawag na "hukumang iglesiya" (cf. Santiago 2:1-4). Ang unang iglesiya ay sumunod sa pamamahala at paraan ng pagsamba ng sinagoga. Ang mga korteng ito ay karaniwan at marami ang pinatalsik mula sa sinagoga.

**5:3 "bagama't wala sa harapan ninyo sa katawan nguni't ako'y nasa harapan ninyo sa espiritu"** Ito ay parehong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA KATAGA. Malinaw nitong pinapakita ang awtoridad na pagka-apostol ni Pablo (cf. vv. 3 & 5). Ngunit makikitang gusto rin niyang patunayan ng iglesiya ang kanyang kapasyahan (cf. v. 4).

## NATATANGING PAKSA: ANG ESPIRITU (*PNEUMA*) SA NT

Ang Griyegong salita para sa "espiritu" ay ginamit sa ilang mga pamamaraan sa NT. Narito ang ilang mga kinatawang mga pag-uuri at mga halimbawa.

A. Ng Trinidad na Diyos
   1. Ng Ama (cf. Juan 4:24)

2. Ng Anak (cf. taga-Roma 8:9-10; II taga-Corinto 3:17; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11)
3. Ng Banal na Espiritu (cf. Marcos 1:11; Mateo 3:16; 10:20; Juan 3:5,6,8; 7:39; 14:17; Mga Gawa 2:4; 5:9; 8:29,35; taga-Roma 1:4; 8:11,16; I taga-Corinto 2:4,10,11,13,14; 12:7)

B. Ng lakas ng pangtaong buhay
1. ni Hesus (cf. Marcos 8:12; Juan 11:33,38; 13:21)
2. ng sangkatauhan (cf. Mateo 22:43; Mga Gawa 7:59; 17:16; 20:22; taga-Roma 1:9; 8:16; I taga-Corinto 2:11; 5:3-5; 7:34; 15:45; 16:18; II taga-Corinto 2:13; 7:13; taga-Filipos 4:23; taga-Colosas 2:5)

C. ng espiritwal na kaharian
1. espiritwal na mga nilalang
   a. mabuti (i.e., mga anghel, cf. Mga Gawa 23:8-9; Hebreo 1:14)
   b. masama (i.e., demonyo, cf. Mateo 8:16; 10:1; 12:43,45; Mga Gawa 5:16; 8:7; 16:16; 19:12-21; taga-Efeso 6:12)
   c. mga multo (cf. Lucas 24:37)
2. espiritwal na pagkakaunawa (cf. Mateo 5:3; 26:41; Juan 3:6; 4:23; Mga Gawa 18:25; 19:21; taga-Roma 2:29; 7:6; 8:4,10; 12:11; I taga-Corinto 14:37)
3. espiritwal na mga bagay (cf. Juan 6:63; taga-Roma 2:29; 8:2,5,9,15; 15:27; I taga-Corinto 9:11; 14:12)
4. espiritwal na mga kaloob (cf. I taga-Corinto 12:1; 14:1)
5. inspirasyon ng Espiritu (cf. Mateo 22:43; Lucas 2:27; taga-Efeso 1:17)
6. espiritwal na katawan (cf. I taga-Corinto 15:44-45)

D. Pagpapakilala
1. sa saloobin ng mundo (cf. taga-Roma 8:15; 11:8; I taga-Corinto 2:12)
2. sa paraan ng pag-iisip ng sangkatauhan (cf. Mga Gawa 6:10; taga-Roma 8:6; I taga-Corinto 4:2)

E. sa pisikal na kaharian
1. hangin (cf. Mateo 7:25,27; Juan 3:8; Mga Gawa 2:2)
2. paghinga (cf. Mga Gawa 17:25; II taga-Thesalonica 2:8)

Ito ay maliwanag na ang salitang ito ay dapat na maipaliwanag ayon sa pinakamalapit na konteksto nito. May maraming mga bahagyang kahulugan na maaaring tumukoy sa (1) ang pisikal na mundo; (2) ang di-nakikitang mundo; (3) at ang mga mga persona dito sa pisikal na mundo o sa espirtiwal na kaharian.

Ang Banal na Espiritu ay bahagi ng Trinidad na Diyos na kataas-taasang umiiral sa yugto ng kasaysayan. Ang bagong panahon ng Espiritu ay dumating na. Ang lahat na mabuti, banal, tama at katotohanan ay naiuugnay sa Kanya. Ang Kanyang presensya, kaloob at gawain ay mahalaga sa ikasusulong ebanghelyo at ang Kaharian ng Diyos (cf. Juan 14 at 16). Siya ay hindi nagbibigay-pansin sa Kanyang sarili, ngunit kay Kristo (cf. Juan 16:13-14). Siya ay humahatol, nanghihikayat, nanunuyo, nagbabautismo, at pinalalago ang lahat ng mga mananampalataya (cf. Juan 16:8-11).

▣ **"akin ngang hinatulan na ang gumawa ng bagay na ito"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Pinapahayag ni Pablo ang kanyang awtoridad kahit na siya ay wala at ang kanyang kapasyahan ay mananatili.

**5:4 "Sa pangalan ng ating Panginoong Hesus"** Ito ay Hebraic na paraan ng pagpapahayag ng katanyagan at kapangyarihan ng nabuhay na Kristo na pinagkukuhaan ni Pablo ng kanyang awtoridad bilang isang apostol. Si Pablo ang kumakatawan sa Kanya at tinutularan Siya.

Mayroong iba't-ibang klase anyo ang "sa pangalan ni____" sa manuskritong Griyego ang talatang ito.
1. "ating Hesus" sa mga manuskritong Ansialo B, D*
2. "Hesukristo" sa manuskritong Ansialo א
3. "ating Hesukristo" sa mga manuskritong Ansialo $D^2$, F, G
4. "ating" sa Leksyunaryo mula sa miniskulang manuskrito 1021 (ika-12 dekada)
5. "Hesuskristo na ating Panginoon" sa miniskulang manuskrito 81 (ika-11 dekada)

Ang United Bible Societies, Greek NT, ikaapat na edisyon ($UBS^4$) ay sinasabing mahirap magdesisyon kung ano ang gagamitin ngunit napagpasyahan nila ang #1. Ang parehong suliranin sa manuskrito ay lumabas muli sa v.5 (pati sa v.11).
1. "Panginoon" sa MSS $P^{46}$, B
2. "Panginoong Hesus" sa MS א
3. "Panginoong Hesukristo" sa MS D
4. "ating Panginoong Hesukristo" sa MSS A, F, G, P

Napagtasahan ng $UBS^4$ ang #1 bilang pinaka tiyak.

**5:5 "upang ang ganyan ay ibigay kay Satanas sa ikawawasak ng kaniyang laman"** "Ipadala" ay ang Griyegong salita na *paradidōmi*, kung saan ito ay ginagamit sa mga ebanghelyo ng pagdadala ng mga may sala sa awtoridad para sa kaukulang parusa (cf. Mateo 4:12; 5:25; 10:4,17; 18:34; 20:19; 26:15; 27:2,18,26) at sa taga-Roma (cf. 1:24,26,28) sa pagsusuko ng may sala sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Ang pagkakagamit na ito ay ang pinaka akma sa kontekstong ito (i.e., kinilala si Satanas). Ito ay may pagkakapareho sa I Timoteo 1:20. Marami nang naging pag-uusap sa pagitan ng mga iskolar at taga-suri ukol dito. Ang ilan ay nakikita ito bilang ang pinaka mataas na anyo parusang pisikal (i.e. kamatayan), tulad sa Mga Gawa 5

at I taga-Corinto 3:17; 11:30. Sa iba naman ito ay ganap na pagpapatiwalag, paglalagay sa may sala sa lugar na pinaghahasikan ni Satanas, ang mundo (cf. Juan 12:31; 16:11; I taga-Corinto 4:4; I Juan 5:19), kung saan ang paglayo niya sa Panginoon at sa Kanyang mga tao ay magpabalik-loob sa kanya sa Panginoon at ilayo siya makamundong pag-iisip. Nakita ni Pablo ang mundo bilang dominyo ni Satanas (cf. taga-Efeso 2:2). Ang kasamaang namamayani sa mundong ito (i.e., kamatayan, sakit, kawalan, atbp.) ay may kaugnayan sa ama ng kasamaan, si Satanas (cf. II taga-Corinto 12:7; I taga-Thesalonica 2:18). Mayroon ding posibilidad na ang tinutukoy na "laman" ay ang mga masasamang gawa ng sangkatauhan (i.e., katangiang Adamiko). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pansariling Kasamaan sa 7:5.

Para sa "laman" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26.

▣ **"upang ang espiritu ay maligtas"** Ang disiplinang pang-iglesiya ay dapat laging mapagadya at mapagpanumbalik hindi mapaghiganti (cf. II taga-Corinto 2:5-11; II taga-Thesalonica 3:14-15). Ito ang pagpapakahulugan ng OT sa salitang "iligtas" na ang ibig sabihin ay pagpapalayang pisikal.Ang taong ito, bagamat gumagawa ng kasalanan, ay miyembro ng iglesiya. Ang kailangan niya ay pagpapalaya ng espiritu, hindi kaligtasan.

Madalas sa mga kasulatan ni Pablo, ang katawang-lupa at ang espiritu ay kanyang pinagbukod (e.g., taga-Roma 8:1-11). Sila ay kumakatawan sa dalawang anyo ng kapangyarihan, dalawang pananaw, at dalawang pinaglilingkuran (cf. Mateo 6:19-34; I Juan 2:15-17).

Isa pang teolohikong punto tungkol sa v. 5: Si Satanas ay nagsisilbing intsrumento ng Panginoon upang maghatid ng pangkaligtasang layunin. Sa OT, si Satanas ay kalaban ng sangkatauhan, ngunit siya ay alagad ng Panginoon (cf. A. B. Davidson, *An OT Theology*, pp. 300-306). Ang kanilang relsayon ay nagsidhi sa NT. Si Satanas ay naging kalaban ng Panginoon, ngunit siya ay naglilingkod ng labag sa kanyang kalooban. Ang tungkulin ni Satanas sa v. 5 ay ang magbigay ng tiyak na kaligtasan sa isang nagkasalang miyembro ng iglesiya.

▣ **"sa araw ng Panginoong Hesus"** Maliwanag na tinutukoy rito ang wakas, ang katapusan ng mundo. Ang pansamantalang paghuhukom ng Panginoon sa mga Kristiyano ay makikita sa 11:30-32; Mga Gawa 5, at I Timoteo 1:20. Ang teksto ba ito ay nagpapahiwatig ng (1) pagkamatay ng katawang-lupa, pero kaligtasan mula sa katapusan, 1:8 or (2) nakasalalay ba ang kanyang pagkaligtas sa kanyang pagsisisi?

Mayroong paulit-ulit na pagdiin sa katapusan sa I taga-Corinto (cf. 1:7-8; 3:13; 4:5; 5:5; 6:14; 11:26; 13:12; 15:50-54; 16:22). Posibleng isa sa mga teolohikal na suliranin ng iglesiyang nasa Corinto ay ang labis na pagtanto sa katapusan na sinamahan pa ng lumalawak nilang kaalaman. Akala nila'y may basbas na silang espirituwal (cf. 4:7-10) at ang katawan ay makasalanan, (i.e., kaisipang Griyego) at, samakatuwid wala itong kaugnayan sa mga isipritwal na kaganapan. Pinabulaanan ni Pablo ang mga kaugaliang ito sa pamamagitan ng

1. pagpapatibay ng hinaharap pati ng kasalukuyan (cf. 5:5) paghuhukom
2. pagbibigay-diin na hindi tama ang kahalayan sa mga mananampalataya (cf. vv. 5-6)

Mapapansin rin na ang parirala sa OT na tumutukoy kay YHWH ay nailipat na kay Hesus (cf. 1:8; II taga-Corinto 1:14; I taga-Thesalonica 5:2; II taga-Thesalonica 2:2; II Timoteo 4:8). Ito ay isa sa mga pamamaraang pampanitikan ng mga manunulat sa NT na naghahayag ng pagiging Diyos ni Hesus Nazareno.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:6-8

**6 Hindi mabuti ang inyong pagmamapuri. Hindi baga ninyo nalalaman na ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak? 7 Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang lebadura. Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Kristo: 8 Kaya nga ipangilin natin ang pista, hindi sa lumang lebadura, ni sa lebadura man ng masamang akala at ng kasamaan, kundi sa tinapay na walang lebadura ng pagtatapat at ng katotohanan.**

**5:6 "Hindi mabuti ang inyong pagmamapuri"** Ang pahayag na ito ay nakatulong maipakita ang ugali ng iglesiyang nasa Corinto. Sila ay humihiling ng kalayaan at basbas batay sa ebanghelyo. Nais nilang ipagyabang ang bagong tanggap nilang kalayaan sa halip na magpalaganap ng ebanghelyo sa kanilang komunidad.

## NATATANGING PAKSA: PAGMAMAPURI O KAYABANGAN

Ang mga Griyegong salita, *kauchaomai, kauchēma,* at *kauchēsis*, ay ginamit ng mga tatlumpu't-limang beses kay Pablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa kay Santiago). Ito ay higit na ginamit sa I at II Corinto**.**

May dalawang pangunahing katotohanan na umuugnay sa pagmamapuri.

A. Walang laman ang maluluwalhati/magmamapuri sa harapan ng Diyos (cf. I taga-Corinto 1:29; taga-Efeso 2:9)
B. Ang mga mananampalataya ay kailangang magluwalhati sa Panginoon (cf. I taga-Corinto 1:31; II taga-Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23- 24)

Samakatuwid, mayroong angkop at di-angkop na pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e., pagmamataas).

A. Angkop
   1. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. taga-Roma 4:2)

2. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. taga-Roma 5:11)
3. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I taga-Corinto 1:17-18; taga-Galacia 6:14)
4. Si Pablo ay nagmapuri sa
   a. Kanyang gawain na walang kabayaran (cf. I taga-Corinto 9:15,16; II taga-Corinto 10:12)
   b. Kanyang awtoridad na mula kay Kristo (cf. II taga-Corinto 10:8,12)
   c. Kanyang di-pagmapuri sa gawain ng ibang tao (tulad ng ilang sa Corinto, cf. II taga-Corinto 10:15)
   d. Kanyang pinagmulang lahi (tulad ng ibang gumagawa nito sa Corinto, cf. II taga-Corinto 11:17; 12:1,5,6)
   e. Kanyang mga iglesiya
      (1) Corinto (II taga-Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
      (2) Tesalonica (cf. II taga-Thesalonica 1:4)
      (3) Kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II taga-Corinto 1:12)

B. Di-angkop
1. May kaugnayan sa pang-Hudyon lipi (cf. taga-Roma 2:17,23; 3:27; taga-Galacia 6:13)
2. Ilang mga iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
   a. Sa tao (cf. I taga-Corinto 3:21)
   b. Sa karunungan (cf. I taga-Corinto 4:7)
   c. Sa Kalayaan (cf. I taga-Corinto 5:6)
3. mga bulaang mangangaral ay nagtatangkang magmapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II taga-Corinto 11:12)

▣ **"Hindi baga ninyo nalalaman"** Ito ay likas na bukambibig ni Pablo na madalas ay tumutukoy sa mga bagay na dapat ay alam ng mga mananampalataya, mga bagay na noon pa nasabi sa kanila, ngunit madalas (i.e dahil sa kanilang mga gawa at pag-uugali) ay nakakalimutan na. (cf. taga-Roma 6:16; 11:2; I taga-Corinto 3:16; 5:6; 6:2,3,9,15,19; 9:13,24).

▣ **"lebadura"** Tinutukoy dito ang isang kawikaan ng mga Hudyo (cf. Mateo 16:6,12; taga-Galacia 5:9) tungkol sa lebadura, na madlas ay may masamang impresyon, dahil sa pagkakahalintulad nito sa pagkabulok gawa ng proseso ng pagbuburo. Samantala, ang talinghaga na ito ay mayroon ding positibong aspeto (cf. Mateo 13:33; Lucas 13:20-21), na nagpapakita na ang pagpapakahulugan ay may kaugnayan sa konteksto.

## NATATANGING PAKSA: LEBADURA

Ang salitang "lebadura" (*zumē*) ay ginamit sa dalawang pakahulugan ng parehong OT at NT:
1. isang pakahulugan sa katiwalian , samakatuwid, ito ay simbolo ng kasamaan
   a. Exodo 12:15; 13:3,7; 23:18; 34:25; Levitico 2:11; 6:17; Deuteronomio 16:3
   b. Mateo 16:6,11; Marcos 8:15; Lucas 12:1; taga-Galacia 5:9; I taga-Corinto 5:6-8
2. isang pakahulugan sa pagtagos, samakatuwid, impluwensiya, hindi simbolo ng kasamaan
   a. Levitico 7:13; 23:17; Amos 4:5
   b. Mateo 13:33; Lucas 13:20-21

Tanging konteksto lamang ang makakapagpatunay ng kahulugan ng salitang ito (alin ang tunay sa lahat ng salita!).

**5:7 "Alisin ninyo ang lumang lebadura"** Ito ay isang TAHAS NA PAUTOS NA AORIST. Ito ay isang parunggit sa kaugalian ng mga Hudyo na pagtanggal ng lebadura sa bahay bago ang Pista bawat taon (cf. Exodo 12:15). Ang bawat taong ritwal ay sumisimbolo ng pagsisisi.

▣

**NASB** **"upang kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang lebadura"**
**NKJV** **"na kayo'y maging bagong limpak, dahil kayo nama'y talagang walang lebadura"**
**NRSV** **"na kayo'y maging bagong pangkat, dahil kayo'y walang lebadura"**
**TEV** **"ng kayo'y maging sa kabuua'y dalisay. upang kayo'y maging bagong pangkat ng tinapay na walang kahit anong lebadura, na sa katunaya'y alam kong kayo'y ganoon talaga"**
**NJB** **"upang kayo'y maging sariwang tinapay, at walang bahid ng lebadura"**

Ipinipakita rito ang tipikong kombinasyon ni Pablo ng MORAL na utos kasama ang POSISYONAL na pahayag. Kung ano ang kinatatyuan natin kay Kristo, tayo ay mamumuhay ng tulad sa Kanya. Sila ay mga taga-sunod ng Panginoon (i.e., walang lebadura), ngunit sila'y magiging makamundong taga-sunod ng Panginoon (i.e., bagong lipak).

▣

**NASB** **"Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Kristo"**

**NKJV** **"Sapagkat si Kristo, an gating kordero, ay inialay para sa atin"**
**NRSV** **"Sapagkat ang ating korderong paskua ay handa na, ngayong si Kristo, ang ating kordero, ay naialay na"**
**TEV** **"Sapagkat handa na ang ating korderong pista, ngayong si Kristo, ang ating kordero, ay naialay na"**
**NJB** **"Sapagkat ang ating kordero ay naialay na, at iyon ay si Kristo"**

Inuugnay ni Pablo ang kamatayan ni Kristo sa konsepto ng OT ukol sa kordero. (cf. Exodo 12:15ff; 13:7). Ito ay isa sa ilang mga parte sa NT na particular na inihayag ang ugnayang ito:

1. Nakita ni Juan Bautista ang ugnayang ito at tinawag niya si Hesus na "Kordero ng Panginoon na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan" sa Juan 1:29.
2. Sa Juan 19:36 ay gumagamit ng kasabihan mula sa kordero ng Exodo galing sa Exodo 12:46.

**5:8 "Kaya nga ipangilin natin ang pista"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANAKALI (ang isang nanghihimok na PANAKALI ay tumatawag ng pansin). Nauugnay ito sa nag-iisang araw ng pag-aayuno (cf. Levitico 16), na tinatawag na Araw ng Pagsisisi sa v. 7, samantala ang vv. 7b at 8 ay naiuugnay sa Paskua ng Kordero (cf. Exodus 12). Tinutukoy nito ang ating patuloy na pamumuhay dahil sa ginawa ni Kristo para sa atin at sa atin, ngunit may kasamang kawalan ng katiyakan sa mga maaring mangyayari (i.e., PANAGANONG PANAKALI).

▣ **"hindi sa lumang lebadura"** Ito ay tumutukoy sa Bagong Tipan ni Kristo (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Hindi kasama ang pagmamapuri at kayabangan sa bagong kasunduan na ito. Ang kamatayan ni Kristo ang nagsilbing basbas ng pagkahayag ng bibliya.

▣ **"ni sa lebadura man ng masamang akala at ng kasamaan"** Sa konteksto at batay sa kaibahan, isinasaysay ni Pablo ang mga mali, o kung minsa'y masama, na mga motibo at gawain ng ilang pangkat sa bahay-iglesiya sa Corinto.

▣ **"ng pagtatapat"** Ang salitang ito na madalang ay maaring salitang tambalan mula sa "sikat ng araw" at "hukuman." Ito ay naghahatid ng konsepto na walang tinatago at dalisay na hangarin (cf. 5:8; II taga-Corinto 1:12; 2:17; taga-Filipos 1:10; II Pedro 3:1).

▣ **"katotohanan"** Ang pinagmulan ng salitang *alētheia* ay "ilantad, ihayag, o maliwanag na ipakita," na kung saan ay kaparis na kahulugan ito ng salitang "tapat." Mapagalala si Pablo sa mga motibo! Tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 13:8.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:9-13

**[9] Isinulat ko sa inyo sa aking sulat na huwag kayong makisama sa mga mapakiapid; [10]Tunay nga hindi ang ibig sabihin ay sa mga mapakiapid sa sanglibutang ito, o sa mga masasakim at mga manglulupig, o sa mga mananamba sa diyus-diyosan; sapagka't kung gayo'y kinakailangang magsialis kayo sa sanglibutan: [11]Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diyus-diyosan, o mapagtungayaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo. [12]Sapagka't ano sa akin ang humatol sa nangasa labas? Hindi baga kayo nagsisihatol sa nangasa loob? [13]Datapuwa't sa nangasa labas ay Diyos ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang masamang tao.**

**5:9 "Isinulat ko sa inyo sa aking sulat"** Maaring tinutukoy rito ay isang nawawalang sulat (cf. A, T, Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, p. 115, and M. R. Vincent, *Word Studies in the New Testament*, p. 769). Maaring ilan sa mga kasulatan ni Pablo ay nawala na (cf. taga-Colosas 4:16) o maaring ito'y SULAT NA AORIST (cf. 9:15), na tumutukoy sa I Corinthians, na kasalukuyan niyang sinusulat (cf. v. 11). Tingnan ang Panimula sa I taga-Corinto, VII. C.

▣ **"mapakiapid"** Ito ay ang Griyegong salita na *pornos* (cf. 5:9,10,11; 6:9). Ito ay nauugnay sa "pakikiapid" (i.e., *porneia* cf. 5:1 [dalawang beses]; 6:13, 18; 7:2; II taga-Corinto 12:21) at "makiapid" (i.e., *porneuō,* cf. 6:18; 10:8).

Ang mga bagong mananampalataya sa Corinto ay madalas na mga Hentil (marahil mga taga-Roma). Ang mga Pagano ay sumasamba ng lango sa alak at gumagawa ng mga mahalay na gawi sa temple ng kanilang mga diyos-diyusan at sa mga natatanging mga pagtitipon, pampubliko man o pribado. Ang kanilang bagong pananalig sa Panginoon ay nananatiling may bahid ng kanilang nakaraan at kaugalian bilang Hentil.

## NATATANGING PAKSA: MGA MASAMANG HILIG (BISYO) AT MGA KAGALINGAN SA NT

Ang mga tala ng kapwa mga masamang hilig (bisyo) at mga kagalingan ay karaniwan NT. Kadalasang sila ay

nagpapakita sa kapwa rabinikal at kultural (Helenistiko) na mga tala. Ang mga tala sa NT ng magkakasalungat na mga katangian ay makikita sa:

| | | Mga Masamang Hilig | Mga Kagalingan |
|---|---|---|---|
| 1. | Pablo | taga-Roma 1:28-32 | --- |
| | | taga-Roma 13:13 | taga-Roma 12:9-21 |
| | | I taga-Corinto 5:9-11 | --- |
| | | I taga-Corinto 6:10 | I taga-Corinto 6:6-9 |
| | | II taga-Corinto 12:20 | II taga-Corinto 6:4-10 |
| | | taga-Galacia 5:19-21 | taga-Galacia 5:22-23 |
| | | taga-Efeso 4:25-32 | --- |
| | | taga-Efeso 5:3-5 | --- |
| | | --- | taga-Filipos 4:8-9 |
| | | taga-Colosas 3:5,8 | taga-Colosas 3:12-14 |
| | | I Timoteo 1:9-10 | --- |
| | | I Timoteo 6:4-5 | --- |
| | | II Timoteo 2:22a,23 | II Timoteo 2:22b,24 |
| | | Tito 1:7, 3:3 | Tito 1:8-9; 3:1-2 |
| 2. | Santiago | Santiago 3:15-16 | Santiago 3:17-18 |
| 3. | Pedro | I Pedro 4:3 | I Pedro 4:7-11 |
| | | II Pedro 1:9 | II Pedro 1:5-8 |
| 4. | Juan | Pahayag 21:8; 22:15 | --- |

**5:10** Hindi naunawaan ang mga sulat ni Pablo. Hinimok ni Pablo ang mga bagong mananampalataya na iwasan ang pagkakasala. Subalit, ipinagpalagay ito ng ilan bilang "hindi pakikisama." Kinailangan linawin ni Pablo ang kanyang ibig sabihin. Ang mga mananampalataya ay nakatira sa makasalanaang mundo, hindi malayong makakilala sila ng mga makasalanang tao (lalo't kapag atin itong binigyang-diin Mateo 28:19). Ang nais ipabatid ni Pablo ay huag hayaang maging kapatid, kasapi sa iglesiya o matalik na kaibigan ang mga aktibing pagano. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAWATAS ng salitang *sunanamignumi*, na ang ibig sabihin ay "pagsamahin" (cf. 5:9, 11; II taga-Thesalonica 3:6, 14). Ang berso 10-11 ay nagpapakita ng maliwanag na larawan kung ano ang pang-kulturang tagpo ng simabahan sa Corinto.

**5:11**
**NASB "sa kanino mang tinatawag na kapatid"**
**NKJV "kahit sinong tinatawag na kapatid"**
**NRSV "kahit sinong tinatawag na kapatid na lalaki o babae"**
**TEV "sa taong tinatawag ang sarili niyang mananampalataya"**
**NJB "sinumang tinatawag na kapatid"**

Ang pariralang ito ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI, na umuugnay sa PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Tumutukoy ito isang nagaangkin sa pangalan ni Kristo (cf. taga-Efeso 5:3) o pagtatawag sa pangalan ni Kristo (cf. taga-Roma 10:9-13; taga-Filipos 2:11). Ang pagkuha sa pangalan ni Kristo ay nangangahulugang kinukuha mo rin ang kanayang katauhan. Malinaw na si Pablo (tulad ni Hesus) ay naniniwala na kung paraan ng pamumuhay ng isang tao ay nagpapakita ng tunay niyang pagkatao (cf. Mateo 7:15-23). Ang Pagtatapat ay dapat samahan ng kaalaman sa ebanghelyo, ang naninirahang Espiritu, pagkamasunurin, at tiyaga.

▣ **"mapag-mata"** Tingnan ang tala sa 4:12.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaring maganap. Mayroong ilang talaan ng mga makamundong kasalanan sa mga kasulatan ni Pablo (cf. taga-Roma 1:29-37; I taga-Corinto 5:10-11; 6:9-10; II taga-Corinto 12:20; taga-Galacia 5:19-21; taga-Efeso 4:31; 5:3-4; taga-Colosas 3:5-9).

▣ **"sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo"** Maaring tinutukoy nito ang Hapunan ng Panginoon, ngunit maari ring tumutukoy sa pakikihalubilo (cf. 10:27). Sa kulturang Romano, ang mga pagsasalo ay madalas na pagkakataon para magkasala.

**5:12** Si Pablo at ang iglesiya ang hahatol sa mga kasapi (v. 12 umaasa sa "oo" na sagot), ngunit dapat hayaan ng mga mananampalataya na ang Diyos ang humatol sa mga hindi kasapi. Hindi dapat husgahan ng mga mananampalataya ang bawat isa. (cf. Mateo 7:1ff; taga-Roma 14:1-15:13), but

1. dapat nating suriin ang mga nagbunga nating mga gawa para sa pagpili ng mamumuno (cf. 6:1-3; Mateo 7)
2. dapat nating ipamuhay ang disiplinang pang-iglesiya kapag ang karangalan ng iglesiya ang nakasalalay

Ito ay madalas na mainam na pahayag! Gamit ang pagpapahiwatig, ipinapahayag ni Pablo na ang pagkakasala ng tao ng v. 1 ay dapat ilagay sa lugar na saklaw ng paghuhukom ng Panginoon (i.e., sa labas ng iglesiya).

Kung iisipin, paano nauugnay ang kontekstong ito sa makabagong lipunan, kung saan ang mga mananampalatyaa at mga hindi mananampalataya ay may pagkakataong bumoto sa pagsasaayos ng mga pamantayang panlipunan. Dapat bang ang mga mananampalataya ay masiglang nakikisama sa sistema na pampulitika? Ang kontekstong ito ay hanggang sa paghuhukom lamang na may kaugnayan sa iglesiya at hindi ang kanluranin o modernong demokrasya. Ang mga mananampalataya ay mamayan ng dalawang kaharian na may parehong mga pananagutan at mga pribilehiyo! Ang Banal na Espiritu, ang Kautusan ng Diyos, at ang Banal na Kasulatan ang tumutulong sa ating mga mananampalataya na makita ang tatahakin nating daan sa mundong ito na makasalanan, ngunit ang mga hindi nanamapalataya ay ginagamit at inimpluwensiyahan ng kasalanan, ng sarili, at ni Satanas. Kailangan nila ng ating gabay at pang-unawa, hindi ng ating panghuhusga. Hindi nila kayang intindihin ang ating mga motibo, mga layunin at mga gawain.

Ang suliranin kung kalian at paano "hahatulan" ng mga Kristiyano ang bawat isa ay ang naging dahilan kung bakit nabago ang ilang Griyegong manuskrito.

1. Ang pinaka unang manuskritong papyrus $P^{46}$ (halos A.D. 200) pati narin ang saling Bahairic Coptic (ikatlong dekada) at ang saling Peshitta Syriac (ika-limang dekada) ay inaalis lamang ang negatibo at isalin ang pangungusap bilang PAUTOS, "Hatulan ang mga nasa loob [ang iglesiya]" (cf. Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p. 551).
2. Ang saling Sahidic Coptic (ikatlong dekada) aynilalagay ang negatibo kasama ang naunang pangungusap, "Sapagkat ano ang Aking gagawin sa paghahatol ng mga nasa labas at hindi ang mga nasa loob? Hatulan ang mga nasa loob" (Metzger, p. 51).
3. Ang teksto ng $UBS^4$ ay hindi kinikilala ang alinman sa mga ito bilang orihinal.

**5:13** Pinagtibay ni Pablo ang kanyang katwiran mula sa paningin ng isang Hudyo sa pamamagitan ng pagpaparamdam sa mga kasulatan ni Moises (cf. Deuteronomio 13:5; 17:7,12; 19:19; 21:21; 22:21,24; 24:7). Kapag ang iglesiya ay hinayaan (o maging pagpurihan) ang mga makasalanang kasapi, makakasama ito sa buong iglesiya (cf. v. 11).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hindi na isinasanay ang disiplinang pang-iglesiya sa mga Iglesiya ngayon?
2. Paano natin maiuugnay ang awtoridad ni Pablo bilang apostol sa awtoridad ng lokal na iglesiya?
3. Ano ang ibig sabihin ng pagbigay kay Satanas ng may sala para sa ikawawasak ng laman?
4. Ilang sulat ang pinadala ni Pablo sa Corinto?

# I MGA TAGA-CORINTO 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpunta sa Batas sa harap ng Mga hindi Mananampalataya | Huwag isakdal ang iyong Mga kapatid | Mga Kaso sa Paganong Hukuman | Kaso laban sa mga Kapwa Kristiyano | Pagdulog sa mga Paganong Hukuman |
| 6:1-11 | 6:1-11 | 6:1-6 | 6:1-6 | 6:1-8 |
| | | 6:7-8 | 6:7-11 | |
| | | | | 6:9-11 |
| Pagpurihan ang Diyos sa Iyong katawan | Pagpurihan ang Diyos sa Katawan at Espiritu | Babala laban sa Kapabayaan | Gamitin ang Iyong katawan Sa Pagpupuri sa Diyos | Sekswal na Kalaswaan |
| | | 6:9-11 | | |
| 6:12-20 | 6:12-20 | 6:12-20 | 6:12-14 | 6:12-17 |
| | | | 6:15-17 | |
| | | | 6:18-20 | 6:18-20 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

### PANIMULANG MGA KURO-KURO

Sa mga nagdaang taon, marami nang mga abogado ang nagtanong sa akin kung paano naiuugnay ang kontekstong ito sa makabagong lipunan.

Una, ang pagbabawal laban sa pagdadala ng isa (kahit isa pang Kristiyano) sa hukuman ay kailangang pagkilos. May mga nagsasbi na ang mga pangkasalukuyang hukuman ay naiiba sa mga Paganong hukuman, ngunit sa paanong paraan? Marami sa ating mga batas ay nababatay sa Batas Romano. Ang ilan sa mga hukom ngayon ay mga mananampalataya, ngunit hindi iyon dapat makaapekto sa kanilang mga pasya.

Tila mayroon ding ilang mga nakapaloob na paksa.

1. Ang motibo at layunin ng pagsasakdal ay mahalaga, hindi lamang ang legal na pinagbabasihan ng kaso. Tulad ng sinaunang Athens, tayo ay naninirahan sa mapanuring lipunan. Madalas na kapalaluan, pera, o paghihiganti ang tunay na paksa nito.
2. Ang nagiging impresyon sa pagpapakita ng sakim, makitid ang kaisipan at galit na mga Kristiyano sa pangmadlang hukuman ay dapat iwasan. Ang bawat mananampalataya ay mayroong pananagutan bilang kasapi sa Kaharian ng Diyos. Ang mga nakakakita sa atin ay mahalaga.
3. Samantala, hindi nagbibigay ang iglesiya ng mabisang tagapamagitan sa mga mananampalataya. Wala ring mga

pansimbahang pagtitipon para sa mananamplataya upang pagusapan at ayusin ang mga paksang mahalaga o di kaya'y likas na hindi makatarungan sa kanila.

4. Maaring isang solusyon ay isang Kapisanan ng mga Abogadong Kristiyano na may pinagkukunang espirituwal (i.e., Banal na Kasulatan, maka-Diyos na karunungan, etc.), hindi lang basta mga legal na pandinig, na tumatalakay sa mga paksang kabilang ang mga mananampalataya. Sa mga mananampalataya (i.e., mananampalatayang abogado) na sa tingin nila'y nadadawit sila sa mga kaso ay dapat na humingi ng gabay Niya at bumuo ng mga susundang gabay kung saan pinili nilang sumunod sa batas. Ito ay maaring makabuo ng pagtitipon para sa tagapamagitan sa mga mananampalataya.

Kahit na ang NT ay matagal nang handa, ang mga suliranin at gawi ng sangkatauhan ay hindi pa. Ang Diyos ay nangungusap gamit ang mga tekstong ito at dapat marinig ng mga mananampalataya ang Kanyang mga salita at kalooban, bagmat hindi sa unang dekada ng Griyego-Romano na kategorya. Ang mga tekstong ito ay tumatawag sa mga mananampalataya upang bawasan ang pagiging makasalanan at lalong magpaka-Kristiyano. Tumatawag sila sa iglesiya upang gumawa ng paguusap (tulad sa mga hukumang Sinagoga). Isinisigaw nila sa atin na mas mabuti na ang mawalan na pansirili kaysa mawalan ng Kaharian (i.e., ebanghelyo)!

Sa isang araw na halos walang disiplinang pansimbhan, laganap na diborsyo, sinamahan pa ng sakim at makasalanang lipunan, ang ika-5 at ika-6 na kabanata ay mga mahalagang teksto para ating aralin at sundin, katulad na bilang kasapi (ng iglesiya o mga iglesiya) at para sa sarili. Ang kalayaan sa Amerika ay nakabatay sa pagkakapatay sa ilalim ng batas. Ibig sabihin nito tayo bilang mga mananampalataya tayo ay naninirahan sa dalawang mundo o lupain, isang sibil at isang espirituwal. Hindi tayo mangangahas na buwagin ang ating legal na sistema, ngunit dapat nating alalahanin ang pagiging mananampalataya. Parehong kaharian ay mayroong karapatan at pananagutan. Ngunit may isang kaharian na dapat nating isinaalang-alang (cf. 6:19-20)!

Mayroong mga mananampalataya na iba ang pagtingin sa paksa ng pagkakasakdal at ang tunay na dahilan ng pagkakasakdal. Dapat tayong lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ang kontekstong ito ang magpapalawak ng ilaw na iyon.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-6

**[1]Nangangahas baga ang sinoman sa inyo, kung mayroong anomang bagay laban sa iba, na siya'y magsakdal sa harapan ng mga liko, at hindi sa harapan ng mga banal? [2]O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanglibutan? at kung ang sanglibutan ay hahatulan ninyo, hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa mga bagay na pinakamaliit? [3]Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel? gaano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito? [4]Kung kayo nga'y mayroong usapin na mga bagay na nauukol sa buhay na ito, ilalagay baga ninyo upang magsihatol ang mga taong walang halaga sa iglesiya? [5]Sinasabi ko ito upang mangahiya kayo. Ano, diyata't wala baga sa inyo na isa mang marunong na makapagpapayo sa kaniyang mga kapatid, [6]Kundi ang kapatid ay nakikipagusapin laban sa kapatid, at ito'y sa harapan ng mga hindi nagsisipanampalataya?**

**6:1**
**NASB** **"isang kaso"**
**NKJV** **"isang bagay"**
**NRSV** **"isang sama ng loob"**
**TEV** **"isang pagtatalo"**
**NJB** **"isang daing"**

Ito ay ginamit sa Koine Griyegong Papyri na nakita sa Ehipto para sa (1) "isang pagkilos" o "isang gawa"; (2) "isang kaso"; (3) "gulo" o "kahirapan"; (4) "negosyo" o "kalakal" (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 532). Ang ikalawa ang pinaka angkop sa kontekstong ito. Alam nating lahat mula sa mga kasulatan ng mga taga-Atenas, na ang mga kaugaliang Griyego ay malapit sa pagkakasakdal. Gayundin, sa ilang bahagi, ang kaso sa mga taga-Roma. Ang Corinto ng araw ni Pablo ay hindi Griyego, kundi Romano (tingnan ang Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*, Eerdmans, 2001).

**NASB** **"kanyang kapitbahay"**
**NKJV, NRSV, NJB** **"isa pa"**
**TEV** **"isa pang Kristiyano"**

Ito ay literal na *heteros* (cf. 10:24; 14:17; taga-Galacia 6:4). Sa klasikal na Griyego mayroong pagkakakilanlan sa pagitan ng *alla* (i.e isa pa sa katulad na uri) at *heteros* (i.e., isa pa sa magkaibang uri). Ang pagkakaibang ito sa Koine Griyego (tulad ng maraming pagkakaiba ng klasikal na gramatika at kagamitan ng Griyego) na nawawala na ang kotekstong ito ay isang magandang halimbawa. Ang gamit ng salitang *heteros*, na tumutukoy sa kapwa mananamaplataya, ay tinulad sa taga-Roma 13:8. Sa taga-Roma 2:1 ang salitang ito ay may mas malawak na kahulugan, maaring kapitbahay, kapwa mamamayan, o

Hudyo. Ang kasigkahulugang nagpapatibay para sa kahulugan sa talatang ito ay ang "sa harapan ng mga banal." Ang nawalang kapitbahay ay malamang hindi papayag na humarap sa hukuman ng iglesiya (cf. Mateo 18:17; Santiago 2:1-4) kung siya'y may alitan sa isa pang mananampalataya.

Maaring si Pablo ay mayroong dalawang-antas ng pagkakaiba. Isang suliranin sa isang mananampalataya laban sa isang hindi nananampalataya ang humarap sa isang paganong husgado. Ngunit mas lalong masama kung ang isang mananampalataya ay ihaharap ang kapwa niya manananampalataya sa isang paganong husgado. Mas gusto ko ang interpretasyon na "kapitbahay" sa v. 5 na ang ibig sabihin din ay "kapatiran" o "kapwa manananampalataya."

▣ **"mangahas"** Ang salitang Griyego (i.e., *tolmaō*) ay madalas na ginamit sa mga kasulatan sa Corinto sa layunin na "para ipalagay" o "para tiyakin ang katapangan" (cf. 6:1; II taga-Corinto 6:2,10; 11:21; at taga-Roma 5:7; 15:15,18; Judas 9).

▣
**NASB, NKJV "na siya'y magsakdal sa harapan ng mga liko"**
**NRSV "dalhin ito sa hukuman saharap ng walang katarungan"**
**TEV "kayo'y pumunta na bago pa kayo husgahan ng mga pagano"**
**NJB "makahanap ng paghuhukom mula sa mga makasalanan"**

Hindi nag-aalala si Pablo sa mga mananampalatayang nasasamantala, kundi sa mga suliraning Kristiyano na inilalahad sa mga pagano. Ang Espiritu ang susi sa maayos na pakikisama sa iglesiya, hindi ang batas ng mga pagano. Mas mahalaga ang pagbabahagi ng ebanghelyo kaysa sa personal na hustisiya!

**6:2 "hindi baga ninyo nalalaman"** Tingnan ang tala sa 5:6.

▣ **"mga banal"** "Banal" (*hogioi*) ay galing sa salita sa OT na "banal," (*kadosh*) na nangangahulugang "inilaan para maglingkod sa Diyos" (cf. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6; I taga-Corinto 1:2; II taga-Corinto 1:1; taga-Roma 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Filipos 1:1; taga-Colosas 1:2). Lagi itong nasa PANGMARAMIHANG ANYO sa NT bukod sa isang beses sa taga-Filipos (4:21), ngunit kahit doon, ito ay ginagamit na-pangmaramihan. Upang maligtas, ika'y dapat maging kasapi ng komunidad na naniniwala, ang pamilya ng mga manananampalataya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa 1:2.

Ang mga hinirang ng Diyos ay banal dahil sa ipinaratang na pagkamatwiran ni Hesus (i.e., ang MAY PAHIWATIG na pahayag, cf. taga-Roma 4; II taga-Corinto 5:21). Kalooban ng Diyos na sila'y mamuhay ng banal (i.e., ang PAUTOS na batas, cf. taga-Efeso 1:4; 4:1; 5:27; taga-Colosas 1:22; 3:12). Ang mga Manananampalataya ay ipininahayg na mga banal (pangkalagayang pagpapakabanal) at hinihikayat silang mamuhay sa kabanalan (lumalagong pagpapakabanal). Pagbibigay-katarungan at pagpapakabanal ay kailangang gawin ng magkasama! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapakabanal sa 1:2.

▣ **"kung ang sanglibutan ay hahatulan ninyo"** Kahit na binanggit talaga ni Hesus na ang mga Apostol ang magsisislbing mga hukom, ang karugtong na katotohanan niyon ay maging ang mga Banal ay huhukom din. (cf. Daniel 7:22,27; Mateo 19:28; Lucas 22:28-30; Pahayag 2:26, 3:21, 20:4). Kung kalian at paano ay mahirap na tanong.

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapalagay na ang mga banal ay lalahok bilang mga hukom sa pangkatapusang mga pangyayari.

▣
**NASB "hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa mga bagay na pinakamaliit"**
**NKJV "hindi baga kayo karapat-dapat na magsihatol ng pinakamaliit na mga bagay"**
**NRSV "kayo ba ay hindi kayang sumubok ng mga maliit na kaso"**
**TEV "hindi ba niyo kayang magsihatol sa mga maliit na bagay"**
**NJB "hindi bago niyo kayang humawak ng mga maliit na kaso"**

Ito ay madiin na pag-uyam na para sa mga nag-aakalang sila'y may higit na karunungan! Ang katulad na kataga (i.e., *anaxios*) ay ginamat sa hindi nararapat na ugali ng mga simbahang Corinto sa Huling Hapunan (cf. 11:27, 29). Ang mga isip-batang mga mananampalataya na ito, na sinasabing mayroon silang natatangi at maliwanag pa pang-unawang ispiritwal, ay sa katunayan hindi naman talaga alam kung paano maghasa ng maayos o kumilos ng naayon!

Ang salitang "pinakamaliit" ay ang pasukdol na anyo ng *mikros*. Ginamit ito ni Pablo sa unahan ng 4:3. Ang pagkagamit nito ang nagdiin ng pang-uuyam.

**6:3 "Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel"** Inaasahan ng balarila ang "oo" na sagot. Ang mga mananampalataya ay may mataas na ispiritwal na antas kaysa sa mga anghel. Mahirap para sa mga mananampalataya, lalo pa't nakulong sila sa mundong makasalanan, ang malaman ang tunay nating ispiritwal na kalagayan (cf. 13:12). Ang mga anghel ay ginawa bilang alagad ng Diyos at sa naligtas na sangkatauhan (cf. Hebreo 1:14). Ang sangkatauhan ang ginawa sa larawan at kawangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), hindi mga anghel. Para sa sangkatauhan kaya isinuko ni Hesus ang kanayang buhay, hindi para sa mga anghel (cf. Hebreo 2:14-16). Pagdating ng araw ang mga manananampalataya ang hahatol sa mga anghel

(i.e., mga suwail na anghel, cf. Genesis 6; Mateo 25:41; II Pedro 2:4-9; Judas 6 o lahat ng mga anghel bilang pahiwatig ng pagsakop ng daigdig, Daniel 7:22, 27).

Ayon sa rabinikal na teolohiya, noon pa man ay may inggit na ang mga anghel sa pagmamahal, pag-alaga, at mga kaloob ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan. Maging saa apokaliptong panitikan ng mga Hudyo, ihinahayag na ang pagsuway ni Satanas ay may kaugnayan sa kautusan ng Diyos na pagsilbihan ang lahi ni Adan.

▣ **"gaano pa kaya"** Sinasalamin nito ang isang masidhing ENKLITIKONG KATAGA (i.e., *ge*), na ginagamit upang maglagay ng diin (cf. Moulton's *Analytical Lexicon*, Revised, p. 75). Ang mapang-uyam na kaibahan ay kitang-kita.

**6:4 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaring mangyari.

▣ **"ilalagay baga ninyo"** Maraming maaring paraan upang isalin ang pariralang ito. Ang mga teorya ay
1. MAY PAHIWATIG (isang pahayag), "ilalagay baga ninyo"
2. PATANONG (isang tanong), "nilagay baga ninyo?"
3. PADAMDAM (cf. NJB, NIV), "nilagay niyo!"
4. PAUTOS (isang kautusan), "ilagay"

Ang punto ay dapat ang iilang Kristiyano ay kayang humatol ng mga simple at ordinaryong makamundong bagay. Upang lalong malinaw ang mga pagpipiliaan, mayroong dalawang paraan upang tingnan ang tekstong ito: (1) tumutukoy ito sa mga paganong hukom o (2) tumutukoy ito sa iilang makabuluhang miyembro ng iglesiya. Kung gayon, ito ay patuloy na pang-uuyam.

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"mga taong walang halaga sa iglesiya"** |
| **NKJV** | **"mga taong walang pagpapahalaga"** |
| **NRSV, TEV** | **"sa mga walang kalagayan"** |

Ang katagang ito (i.e., *exoutheneō*, GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI) ay ginamit ni Pablo sa 1:28 upang ipakita na ginagamit ng Diyos ang mga "hamak", "ang kinamumuhian", "mga bagay na walang kabuluhan" upang lituhin ang karunungan ng mundo, at ang Diyos ang makatanggap ng pagpupuri. Dito ay tila ipinapahiwatig ang mga nasa iglesiya ng walang katayuan o kakayahang mamuno. Dahil sa karunungan ng Diyos at ng Espiritu ang iilan sa mga tao ng Diyos ay mas nararapat na umayos ng mga suliranin kaysa sa mga pinaka-aral, may kasanayan, hindi naniniwala at walang kaugnayan sa relihiyong mga hukom.

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2.

**6:5 "Sinasabi ko ito upang mangahiya kayo"** Madalas na ginagamit ni Pablo ang salitang ito (cf. 4:14; 6:5; 15:34; II taga-Thesalonica 3:14; Tito 2:8). Ang Paghihiya ay isa sa mga kagamitan ng Espiritu upang humatol at pahintulutan ang katotohanan at magpakakatiwalaang mga kilos at kaugalian ay umunlad. Ang talatang ito ay nagpapatuloy ng masidhing pang-uuyam.

▣ **"Ano, diyata't wala baga sa inyo na isa mang marunong na makapagpapayo"** Ito ay masidhing pang-uuyam sa madunong at magpapalalong iglesiya na ito. Ito ay isang mariin na dalawahang salungat na tanong, na inaasahan ng "oo" na sagot. Tingnan ang tala sa 4:7.

**6:6 "at ito'y sa harapan ng mga hindi nagsisipanampalataya"** Walang PANTUKOY, samakatuwid, ang diin ay nasa makamundong kalidad ng mga "paganong" hukom.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:7-8

**[7]Ngayon nga, tunay na isang pagkukulang sa inyo ang kayo-kayo'y magkaroon ng mga usapin. Bakit hindi bagkus ninyong tiisin ang mga kalikuan? bakit hindi bagkus kayo'y padaya? [8]Nguni't kayo rin ang mga nagsisigawa ng kalikuan, at nangagdaraya, at ito'y sa mga kapatid ninyo.**

**6:7 "tunay"** Tingnan ang tala sa 5:1.

▣ **"Ngayon nga"** Ang pariralang ito (i.e., *ēdē men oun*) ay nagpapahiwatig na ang iglesiyang ito ay ginagawa na talaga ang mga bagay na iyon. Sila ay natalo na!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"isang pagkukulang"** |
| **NKJV** | **"isang ganap na pagkabigo"** |
| **TEV** | **"talagang nabigo"** |
| **NJB** | **"isang pagkukulang"** |

Ito ay literal ng “kaunti,” ngunit ginamit sa paaraang natalo o nabigo (cf. II taga-Corinto 12:13; taga-Roma 11:12; II Pedro 2:19-20).

▣
**NASB, NRSV** **“Bakit hindi bagkus ninyong tiisin ang mga kalikuan? bakit hindi bagkus kayo'y padaya?”**
**NKJV** **“Bakit hindi bagkus ninyong tanggapin ang mali? Bakit hindi bagkus kayo’y magpadaya**
**TEV** **“Hindi ba mas mainiam sa inyo ang paratangan? Hindi ba mas mainam sa inyo ang nakawan?”**
**NJB** **“Bakit hindi ninyo pillin ang dumanas ng kawalan ng katrungan? Bakit hindi niyo piliin ang madaya?”**

Ito ay dalawang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang mga pansariling karapatan ng mga Mananampalataya ay hindi kasing halaga ng pangalan at layunin ng iglesiya. May mananalo bang Kristiyano kung matatalo ang kaharian?

**6:8** Ang mga iglesiya sa kanluranin, na mas binigyang diin ang inidibidwal, ay lumihis sa ebanghelyo. Nakaligtaan natin ang patuloy nitong pagdiin sa kabuuan, sa samahan, sa katawan! Nakikita natin ang pagka-Kristiyano na pansarili lamang at hindi para sa ebanghelyo. Tayo ay niligtas (ang bawat isa) upang paglingkuran Siya (cf. I taga-Corinto 12:7). Ang mga mananampalataya ay dapat bumuo ng pananaw na tulad sa NT, nang makita nila ang mundo mula sa paningin ng Diyos at makiisa sa pandaigdigang layunin (i.e., Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:9-11

**9 O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga liko ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya: kahit ang mga mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diosdiosan, ni ang mga mangangalunya, ni ang mga nangbababae, ni ang mga mapakiapid sa kapuwa lalake. 10 Ni ang mga magnanakaw, ni ang mga masasakim, ni ang mga manglalasing, ni ang mga mapagtungayaw, ni ang mga manglulupig, ay hindi mangagmamana ng kaharian ng Diyos. 11 At ganyan ang mga ilan sa inyo: nguni't nangahugasan na kayo, nguni't binanal na kayo, nguni't inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Hesukristo, at sa Espiritu ng ating Diyos.**

**6:9-10** Makikitang si Pablo ay nag-aalala sa pamumuhay ng mga Kristiyano (cf. 5 :10,11; 6:9-10), na sumasalamin sa iglesiya. Ang Kaligtasan is hindi lang basta paghuhukom (i.e., pagbibigay-katurungan ayon sa paniniwala), ito ay pagbabagong buhay (i.e., pagpapakabanal o pagiging tulad ni Kristo, cf. taga-Galacia 6:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapakabanal sa 1:2.

Ang iglesiya noon pa man, hanggang ngayon, ay patuloy na “nalilinlang.” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS na may kasamang SALUNGAT NA KATAGA, na madalas na nangangahulugang pagtigil sa isang kasalukyang gawa.

**6:9 “hindi baga ninyo nalalaman”** Tingnan ang tala sa 5:6. Ang pinapahiwatig dito ay na ang mga mananampalataya, dahil sa kanilang kaligtasan at sila’y paninirahan ng Espiritu, ay dapat alam ang mga bagay na ito! Ngunit ang mga bata (isip-bata), mga mahalay na mananampalataya ay hindi!!! Ang isipan nila ay nabahiran na pamamaraan ng makasalanang mundong ito at ng diyablo (i.e., nalinlang ng sarili, nalinlang ng kaugalian, at nalinlang ng kasamaan, cf. 12:2).

▣ **“na ang mga liko ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos”** Dalawang beses itong binanggit ni Pablo para idiin (vv. 9, 10). Dinala nito kabalintunaan ng ebanghelyo sa isang ganap na kaibahan. Ang Kaligtasan ay libre sa tapos na gawain ng Diyos, ngunit ang kaligtasan ng iglesiya ay nangagnailangan ng angkop at patuloy na pagtugon. Ang mga mananampalataya na inihayag na “tama” kay Kristo ay kailangan magpakabanal. Ang layunin ng Diyos ay ang mga taong tapat na sumasalamin sa Kanya. Ang NT ay pareho ng OT sa bagay na ito. Ang radikal na kalikasan ng Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) ay ang dapat na ginawa ng tao para sa kaligtasan ay napalitan ng ginawa ni Kristo. Ngunit hindi ito naka-apekto sa kagustuhan ng Diyos ng mga tapat na tao. Napalitan lamang ang kayarian nito. Sa panahon ng ebanghelyo, ang mga mananampalataya ay nahihikayat ng pasasalamat, hindi ng gantimpala.
Subalit, ang prinsipyong ispiritwal na “pagtanim at pag-ani” (cf. taga-Galacia 6:7) ay patuloy paring ipinamumuhay g mga nananampalataya at hindi nananampalataya (cf. ika-3 kabanata). O, ang sakuna ng hindi nangbungang Kristiyanismo (cf. Juan 15; Santiago 2:14-26; I Pedro; I Juan). Nakaka-apekto ito sa Kaharian, sa local na simabahan, sa tao, at sa mga nawala.

Ang isang bang Kristiyano na nagkasala at nakalista sa vv. 9-10 ay maililigtas pa? Oo naman (cf. v. 11)! Maari bang ang isang Kristiyano ay patuloy na nagkakasala at mailigtas parin? Oo ngunit mayroong mga dakilang kapalit – kawalan ng kaugnayan sa Diyos, kawalan ng basbas ng Espiritu, kawalan ng kasiguraduhan, kawalan ng kapayapaan, kawalan ng mabisang panalangin, kawalan ng kasiyahan, at kawalan ng saksi! Napakalaking kabayaran!

Mayroong ilang mga teksto sa Mga Gawa at mga kasulatan ni Pablo (cf. Mga Gawa 20:32; 26:18; I taga-Corinto 6:9-10; 15:50; taga-Galacia 5:21; taga-Efeso 5:5) na sinasalamin ang mga salita ni Hesus sa pagmana ng Kaharian (cf. Mateo 25:34).

## NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang "apostasya" ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang "mula sa" o "malayo sa" at *histēmi*, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Mga Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Mga Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Mga Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I taga-Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:24
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; 22:27; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
   a. Kautusan, Mateo 23:23; Mga Gawa 21:21
   b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II taga-Thesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya mula sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

A. Lumang Tipan
   1. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
   2. Korah, Bilang 16
   3. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
   4. Si Saul, I Samuel 11-31
   5. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
      a. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propreta)
      b. Jeremias 28
      c. Ezekiel 13:1-7
   6. Mga Bulaang Propeta (babae)
      a. Ezekiel 13:17
      b. Nehemias 6:14
   7. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
      a. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
      b. Ezekiel 22:23-31
      c. Mikas 3:5-12

B. Bagong Tipan
   1. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay *lubusang pagtalikod.* Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Mga Gawa 20:29,30; II taga-Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Mga Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

      Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig ).

2. Tila may pananampalataya
    a. Si Judas, Juan 17:12
    b. Si Simon Magnus, Mga Gawa 8
    c. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
    d. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
    e. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
    f. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
    g. Silang nasa I Timoteo 6:21
    h. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
    i. Si Demas, II Timoteo 4:10
    j. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Judas vv. 12-19
    k. Mga antikristo, I Juan 2:18-19
3. Walang bungang pananampalataya
    a. I taga-Corinto 3:10-15
    b. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ang nag-aatas ng mandatong pagtugon. Huwag niyo akong paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilang kabilang sa Tao ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Tao ng Diyos (e.g., taga-Roma 9:6).

## NATATANGING PAKSA: ANG PAMANA NG MANANAMPALATAYA

Ang Kasulatan ay nagsasalita patungkol sa mamanahahin ng mananampalataya inheriting (cf. Mga Gawa 20:32; 26:18; taga-Efeso 1:4; taga-Colosas 1:12; 3:24) ng maraming mga bagay dahil sa kanilang pamilyang pakikipagrelasyon kay Hesus na Siyang tagapagmana ng lahat ng bagay (cf. Hebreo 1:2), at sila bilang kapwa tagapagmana (cf. taga-Roma 8:17; taga-Galacia 4:7) ng

1. ang kaharian (cf. Mateo 25:34, I taga-Corinto 6:9-10; 15:50; taga-Efeso 5:5)
2. buhay na walang hanggan (cf. Mateo 19:29; Hebreo 9:15)
3. mga pangako ng Diyos (cf. Hebreo 6:12)
4. proteksyon ng Diyos sa Kanyang mga pangako (cf. I Pedro 1:4- 5).

▣ **"Huwag kayong padaya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS (Sinasani ng *The Expositor's Bible Commentary*, Vol. 10, p. 223, na ito'y PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG, i.e., "Tigilan niyo na ang panglolokо sa inyong sarili") na may SALUNGAT NA KATAGA, na madalas na nangangahulugang "tigilan ang kasulukuyang gawa." Ito ay isang *asyndeton* tulad ng v. 18, na isang gramatikal na anyo ng diin sa Griyegong Koine na nakapukay ng pansin ng mambabasa o tagapakinig.

▣

**NASB,NKJV,NRSV "nakikiapid"**
**TEV "mga taong mahalay"**
**NJB "ang kahalayan"**

Ito ang pangkalahatang katawagan para sa kahalayan (cf. 5:1 [dalawang beses],9,10; 6:9,11,13,18; 7:2; 10:8; II taga-Corinto 12:21). Ang ika-9-10 na berso ay nagtatala ng mga kasalanang may kaugnayan sa unang dekada ng mga kasanayan ng pagsamabang pagano (cf. 5:9-11), na patuloy na sisamahan ng mga gawaing sekswal sa ngalan ng diyos na pagkamayabong.

▣ **"mga sumasamba sa diosdiosan"** Para sa manananampalataya na may pananaw ng OT, wala nang mas sasama pa kaysa rito. Ang paggaamit ng salitang ito sa talaan ng mga kasalanan ay nagpapatunay na iyon ay talaan ng mga kasanayan ng pagsamba ng mga pagano. Lahat ng mga mananampalatayang Hentil sa Corinto ay labas dito (cf. 6:11). Madalas na ginagamit ni Pablo ang konseptong ito (i.e., ang pagsamba sa at paglinkod sa mga diyos-diyosan) sa kanyang mga sulat sa taga-Corinto (cf. 5:10,11; 6:9; 8:4,7,10; 10:7,14,19,28; 12:2; II taga-Corinto 6:16).

▣ **"mangangalunya"** Ito ay salitang Griyego na *moichos*, na tumutukoy sa pakikiapid. Ito lamang ang tanging lugar na ginamitan nito sa mga sulat sa mga taga-Corinto.

▣

**NASB "nangbababae"**

**NKJV, NJB** **"pakikiapid sa kapwa babae o lalaki"**
**NRSV** **"lalaking nakikiapid sa kapwa lalaki at babae**
**TEV** **"nakikiapid sa babae o lalaki"**
**NJB** **"mapagpalayaw"**

Ang salitang ito (*malakos*) ay nangangahulugang malambot. Maari itong gamitin bilang kasuotan (cf. Mateo 11:8). Kung gagamitin bilang talinghaga sa tao, tumutukoy ito sa mga nakikiapid sa kapwa lalaki o babae, madalas mga batang lalaki. Para sa magandang artikulo ukol sa homosekswalidad tingnan ang *Dictionary of Paul and His Letters*, pp. 413-414.

▣
**NASB** **"nakikiapid sa kapwa babae o lalaki"**
**NKJV, NRSV, NJB** **"pakikiapid sa kapwa lalaki o babae"**
**TEV** **"(ang katulad na salita ay magkasamang isinalin bilang 'nakikiapid sa kapwa lalaki o babae')"**

Ang salitang ito (*arsenokoitēs*, mula sa *arsēn*, isang lalaki, at *keitē*, isang nagsisinungaling) ay tumutukoy sa lalaking homosekswal (cf. I Timoteo 1:10; taga-Roma 1:27). Ito ay isang malaking suliranin sa Romanong lipunan (cf. taga-Roma 1:26-27; I Timoteo 1:10) katulad ng sa sinaunang Malapit na Silangan (cf. Levitico 18:22; 20:13; Deuteronomio 23:18). Ang dalawang magkaugnay na salitang ito sa v. 9 para sa mga gawaing mahalay ay maaring tumutukoy sa tahas (*arsenokoitai*) at balintayak (*malakoi*) na aspeto ng sekswal na kasalanang ito.

Masyadong matindi ang panggigipit ng modernong kaugalian para tanggapin ang homosekswalidad bilang isang naangkop na alternatibong pamumuhay. Sinusumpa ng Bibilya ito bilang mapanirang pamumuhay, labas ito sa kalooban ng Diyos para Kanyang nilikha.

1. nilalabag nito ang kautusan sa Genesis 1 na humayo at magpakarami
2. nahahambing ito sa pagsamba at kaugaliang pagano (cf. Levitico 18:22; 20:13; taga-Roma 1:26-27; at Judas 7)
3. nakikita dito ang mapagsariling kasarinlan mula sa Diyos (cf. I taga-Corinto 6:9-10)

Subalit, bago ko iwan ang paksang ito, hayaan niyo kong ihayag ang pagmamahal at papagpatawad ng Diyos sa lahat ng mga makasalanang nilalang. Walang karapatan ang mga Kristiyano na magalit o magmayabang sa patikular na kasalanang ito, lalo pa't alam nating lahat tayo'y nagkakasala. Ang dasal, malasakit, pagpapatotoo, at kahabagan ay may mas magagawa pa kaysa sa masidhing paghatol. Ang salita ng Diyos at ang Kanyang Espiritu ang gagawa ng paghatol kung hahayaann atin sila. Lahat ng kasalanang sekswal, at hindi lamang ito, ay kasuklam-suklam sa Diyos at mauuwi sa paghahatol. Ang Kasarian ay isang kaloob ng Diyos para sa kagalingan at kasiyahan ng sangkatauhan, at sa matatag na lipunan. Ngunit ang kaloob na ito ng Diyos, dahil sa makapangyarihan, ay naging sanhi ng pagka-suwail, pagkamakasarili, at pamumuhay sa hilig ng laman. (cf. taga-Roma 8:1-8; taga-Galacia 6:7-8).

▣ **"mapanglait"** Tingnan ang tala sa 4:12.

**6:11 "ganyan ang mga ilan sa inyo"** Ito ay isang DI-GANAP NA MAY PAHIWATIG, na nagpapakita ng patuloy na kilos sa panahong lumipas. Ipinapakita nito ang karimlang asal ng kaugaliang pagano sa panahon ni Pablo (cf. 12:2), ngunit ipinapakita ron nito ang dakilang pagpapala at ang nagbabagong kapangyarihan ng ebanghelyo ng Diyos kay Kristo.

Ang mga pagbabagong buhay ng mga nagbalik-loob na pagano ay mga makapangyarihang saksi sa ebanghelyo. Ngunit ang pagbabago ay dapat pangmatagalan at buo, hindi pansamantala at pinipili lamang. Sila ay ngayo'y iba na, puspos na, atnaliwanagan na. Hindi na sila dapat magbago tulad ng aso na sa isunuka ay babalik din o sa baboy na bumalik sa putikan (cf. II Pedro 2:22). Ang makasalanang mundo ay nanunuod!

▣ **"ngunit"** Pansinin ang tatlong bahaging salin ng *alla* sa Griyegong teksto upang ipakilala ang tatlong natatanging espirituwal na kaganapan:

1. paghuhugas
2. pagpapakabanal
3. pagpapawalang-sala na ginagawa ng Anak at ng Espiritu mula sa pananampalataya, o tugon sa pagsisisi

▣ **"nangahugasan na kayo"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay maaring tumutukoy sa pagbabautismo bilang panimula, pakusa, nakikita, o kilos na sumasagisag sa paglilinis ng kalooban (cf. Mga Gawa 2:38; 22:16; Tito 3:5). Marami sa mga pagsasalin ng pariralang ito ay sinasalin ito bilang BALINTIYAK NA TINIG bukod sa salin ng mga William, na mayroong "malinis niyo nang nahugasan ang inyong mga sarili." Ang mga taong nagbago ng paniniwala papunta as Judaismo ay nagbautismo ng sarili nila ng sila'y sumali sa sinagoga. Kung ang salitang ito ay PANGGITNANG TINIG tulad ng Mga Gawa 22:16, ito ay maaring isang teolohikal na parunggit sa pananagutan ng tipan na pinagusapan sa Ezekiel 18:31 na sinamahan ng pagsisimula ng paghahari ng Diyos (cf. Ezekiel 36:25-27). Ito ay maaring isang talinghaga ng paglilinis (cf. Tito 3:15).

▣ **"binanal na kayo"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NAMAY PAHIWATIGgamit ang pagkamatay ni Kristo at ang pagninilay ng Espiritu (cf. 1:2,30). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapakabanal sa 1:2.

▣ **"inaring-ganap na kayo"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang mga Mananampalataya ay katulad na inaaring-ganap at inirarangal kung sila'y maniniwala (cf. taga-Roma 8:29). Ang kalagayang posisyonal na teolohikal na ito ay naguutos ng pamumuhay tula kay Kristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagkamakatwiran sa 1:30.

▣ **"sa pangalan ng Panginoong Hesukristo, at sa Espiritu ng ating Diyos"** Ang pariralang ito ay maaring magpatotoo na ang "paghugas" o "paghugas ng sarili" sa v. 11 ay tumutukoy sa bautismo (cf. taga-Roma 10:9-13). Ang unang pangmadlang paghahayag ng iglesiya ng kanilang pananalig ay bautismo. Pinapagtibay ng mga kandidato ang kanilang pananalig sa pagsasambit ng "Naniniwala akong si Hesus ang Panginoon" o isang kaprehong litaguryang pag-amin.

Ang ikalawang parirala na binabanggit ang "Espiritu: ay maaring isang parunggit o litaguryang pormula batay sa Mateo 28:19, "binabautismuhan sila nga ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu." Nakakawili ang madalas na pagtukoy ni Pablo sa "pangalan" sa pambungad na talata ng I taga-Corinto (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:10).

1. paraan ng pagtukoy sa mga mananampalataya ("sino. . .tumawag sa pangalan," cf. 1:2)
   paraan ng pagpayo sa mga mananampalataya (cf. 1:10)
2. paraan ng paghayag ng awtoridad niPablo (cf. 5:4)
3. paraan ng pagtukoy sa paunang kilos nga mga mananampalataya sa pagtawag sa pangalan (cf. 6:11) . Ang pangalan ang kumakatawan si katauhan, kapangyarihan, katangian at katayuan ni Hesus.

Ito ay isang malinaw na sanggunian ng ginawang pagliligtas ng Trinidad na Diyos (cf. vv. 10-11). Ang salitang "Trinidad" ay hindi salita sa bibliya, ngunit iyon ang pagkakaunawa rito. Kung si Hesus ay banal at ang Espirito ay tao, ibig sabihin ang banal na diwa ay mayroong tatlong walang hanggan, at personal na mga kinatawan. Tingnan ang Natatanging Paksa: ang Trinidad sa 2:10.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:12-20

**12 Ang lahat ng mga bagay sa akin ay matuwid; nguni't hindi ang lahat ay nararapat. Ang lahat ng mga bagay sa akin ay matuwid; nguni't hindi ako pasasakop sa kapangyarihan ng anoman. 13 Ang mga pagkain ay sa tiyan, at ang tiyan ay sa mga pagkain: nguni't kapuwa iwawasak ng Diyos yaon at ang mga ito. Datapuwa't ang katawan ay hindi sa pakikiapid, kundi sa Panginoon; at ang Panginoon ay sa katawan: 14 At muling binuhay ng Diyos ang Panginoon, at muling bubuhayin naman tayo sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan. 15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Kristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Kristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya. 18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan. 19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Diyos.**

**6:12**
**NASB, NKJV, NRSV "Ang lahat ng mga bagay sa akin ay matuwid"**
**TEV "Sasabihin ng isa, 'Maari kong gawin ang kahit ano'"**
**NJB "Para sakin pwede kong gawin lahat"**

Ito ay maaring tumutukoy sa isang sinabi ni Pablo sa naunang pangyayari (cf. 10:23; taga-Roma 14:2,14,20) ngunit ito ay inalis sa konteksto dahil sa (1) legalismo ng mga mananampalatayang Hudyo o (2) ang mga huwad at makamundong mga guro na ginagamit ang kalayaan nila bilang Kristiyano upang magkasala (cf. taga-Galacia 5:13; I Pedro 2:16). Tinatangka ni Pablo na lumakad na manipis na linya ng mga kasukdulan at ngunit kapwa nagsasalita sa kapwa.

Maaring ito ay ang isa sa mga unang pagsipi ni Pablo ng mga sawikain ng mga taksil na mga guro o ng taksil na mga guro na kumukuha ng mga maling pagpapakahulugan sa kanyang mga pangaral at ipinapakalat ang mga kasabihan sa ibang lugar (cf. 6:12,13; 7:1; 8:1,4; 10:23, tingnan ang (1) *The Cambridge History of the Bible*, vol. 1, p. 244, at (2) Klein, Blomberg, at Hubbard, *Introduction to Biblical Interpretation*, pp. 362-363) Hindi sa ang mga sinabi nila ay hindi totoo, ngunit ang pagtanggap nila sa katotohanan ay lumagpas na sa lehitimo nitong hangganan . Mahirap alamin kung kailan ginagamit ni Pablo ang parang ito. Maaring ang mga sumusunod na pamantayan ay makatulong.

1. Ito ay isa sa mga sinabi ni Pablo sa ibang mga kasulatan (cf. 10:23; taga-Roma 14:2,14,20).
2. Ito ay isang dagli at pangkalahatang paghayag ng katotohanan (tulad ng isang kasabihan).
3. Lahat ng mga biblikal na talinghaga ay totoo, ngunit ito'y mayroong hangganan sa kaugnay nitong pagsasagawa. Walang halimbawa o talinghaga ang maaring abusuhin. Sila'y mayroong iisa lamang na paraan ng pagsasagawa.

Sinusubukan ni Pablo na sabihing muli ang nilalayon niyang katotohanan at lagyan ng hangganan ang mga hindi naangkop na dagdag. Ito ang paksa ng mga pag-aaral ukol sa Diyos sa bawat panahon!

▣ **"nguni't hindi ang lahat ay nararapat"** Ang talatang ito ay sinasabi ang tamang kagamitan ng kalayaan bilang Kristiyano na dapat ay isinasagawa sa pansariling pagmamahal (cf. 10:23; 14:26; taga-Roma 14:19; 15:2). Ang pagkabuo ng katawan ni Kristo ay mas mahalaga kaysa ang mga pansariling karapatan at kalayaan.

▣ **"napakikinabangan"** Ito ay isang Griyegong salitang tambalan na ang kahulugan ay "upang pagsamahin para sa ikabubuti ng isa" (cf. 6:12; 7:35; 10:23; 12:7; II taga-Corinto 8:10, the negative in 12:1). Katulad nito ang mga pahayag ni Pablo sa taga-Roma 14:19; 15:2; I taga-Corinto 10:23; 14:26; II taga-Corinto 12:19; taga-Efeso 4:12, 29. Hindi dahil ang isang mananampalataya ay malaya kay Kristo, hindi ibig sabihin nito na lahat ng bagay ay magandang halimbawa sa ibang mananampalataya. Nililimithan natin an gating kalayaan sa pagmamahal para sa Diyos at sa Kanyang iglesiya. Palagi nating hinahanap at itinataguyod ang kalusugan at sigla ng buong katawan ni Kristo (cf. I taga-Corinto 12:7).

▣

**NASB** **"nguni't hindi ako pasasakop sa kapangyarihan ng anoman"**
**NKJV** **"ngunit hindi ako masasakop sa kapangyarihan ng anoman"**
**NRSV** **"hindi ako masasakop ng anoman"**
**TEV** **"Hindi ko hahayaangako'y maging alipin ng anoman"**
**NJB** **"ngunit ako'y disididong hindi ako masasakop ng anoman"**

Ito ay isang PANGHINAHARAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng Griyegong salita na *exousia*. Ang katagang ito ay ,ay malawak na anyo ng pagkakagamit

1. awtoridad
2. nasasakupan
3. kontrol
4. kapangyarihan
5. kakaibang kakayahan

Maaring mayroon si Pablo ng ilan sa mga kahulugan nito sa kanyang isipan sa ganitong tagpo. May malinaw na paglalaro ng mga salita sa pagitan ng "makatarungan" (*exestin*) at "pinagkadalubhasaan" (*exousiasthēsomai*). Hindi niya naramdaman na

1. kahit sinong tao ay may karapatan siyang hatulan (cf. 2:14-15; 3:4-5)
2. walang sobrenatural na nilalang ang may kapangyarihan sa kanya (cf. 12:2, ang mga hindi mananampalataya ay nililigaw ng kadiliman)
3. walang personal na kalayaan o personal na kagustuhan o personal na tukso (i.e., *tinos*, isang HINDI TIYAK NA PROMINAL PANG-URI NA ISAHAN na salungat sa dalawahang gamit ng *panta* sa talatang ito)

Ang awtoridad ni Pablo ay mula kay Kristo. Si Kristo at ang Kanyang Espiritu ang namamahala at nagbigay ng kapangyarihan sa kanya. Ang kontrol sa sarili ay siguradong isa sa mga bunga ng Espiritu (cf. taga-Galacia 5:23; Mga Gawa 24:25; II Pedro 1:6). Kinokontrol ni Pablo ang kanyang kalayaan nan gang ebanghelyo ay yumabong at ganoon rin dapat tayo!

Inihahayag ni Pablo ang kalayaan bilang Kristiyano ay dapat hind imaging pagkakataon para sa personal na kalayaan. Maraming bagay na mabuti ay maaring maging hindi angkop na layunin, kaugalian o pangyayari (cf. taga-Roma 14:23). Ang suliraning ito sa kalayaang pang-Kristiyano at pananagutan ng isang Kristiyano ay isang kritikal na suliranin sa mga sulat sa mga taga-Corinto. Ang suliranin ito ay kinakaharap din sa taga-Roma 14:1-15:13. Nais kong isipi ang aking mga paunang salita sa paksang ito mula sa komentaryong Romano.

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA MGA TAGA-ROMA 14:1-15:13

A. Ang kabanatang ito ay nagtatanggkang itimbang ang kabalintunaan ng Kristiyanong kalayaan at pananagutan. Ang pampanitikang yunit ay hanggang sa 15:13.

B. Ang suliranin na sumiklab sa kabanatang ito ay maaaring ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng Hentil at Hudyong mga mananampalataya sa iglesiya ng Roma (o maaaring ang pangkasalukuyang karanasan ni Pablo sa Corinto). Bago sa kaligtasan, ang mga Hudyo ay may pagkahilig na maging maka-kautusan (legalisko) at ang mga pagano ay may pagkahilig na maging imoral. Tandaan, ang kabanatang ito ay ipinapahayag sa mga matatapat na taga-sunod ni Hesus. Ang kabanatang ito ay hindi naghahayag sa mga makalaman (karnal) na mananampalataya (cf. I taga-Corinto 3:1). Ang pinakamataas na motibo ay maiuukol sa kapwa mga pangkat. Mayroong panganib sa mga sukdulang ng kapwa mga panig. Ang pagtalakay na ito ay hindi isang pag-aabuso para sa mapagpiling legalismo ng o maranyang kalayaan (liberalismo). Tandaang si Pablo ay sumulat sa Roma mula sa Corinto. Ang suliranin doon ay isang salu-salong espiritu, ngunit dito, may mga magkakaibang uri ng mga mananampalataya.

C. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging maingat na hindi gawin ang kanilang teolohiya o etika bilang pamantayan para sa lahat ng ibang mga mananampalataya (cf. II taga-Corinto 10:12). Ang lahat ng mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa liwanag na kanilang taglay ngunit unawain na ang kanilang teolohiya ay hindi agad-agad ang teolohiya ng Diyos. Ang lahat ng mga mananampalataya ay apektado pa rin ng kasalanan. Kailangan nating magpalakasan, hikayatin, at turuan ang bawat isa mula sa Banal na Kasulatan, katwiran, at karanasan, ngunit palaging nasa pag-ibig. Mas higit ang nalalaman ng isang tao, mas higit niyang nalalaman siya ay walang nalalaman (cf. I taga-Corinto 13:12)!

D. Ang ugali at mga motibo ng isa sa harapan ng Diyos ay ang tunay na susi sa sa paghuhusga sa mga pagkilos ng mga mananampalataya. Ang mga Kristiyano ay tatayo sa harapan ni Kristo upang hatulan kung papaano natin pinakitunguhan ang bawat-isa (cf. vv. 10,12 at II taga-Corinto 5:10).
E. Sinabi ni Martin Luther na, "Ang Kristiyanong tao ay isang pinakamalayang Panginoon ng lahat, sumasailalim sa wala; ang Kristiyanong tao ay ang pinakamasunuring lingkod ng lahat, nagpapailalim sa lahat." Ang biblikal katotohanan ay kadalasang pinapakilala sa isang puno ng pag-igting (tensyon) na kabalintunaan.
F. Ang mahirap ngunit napakahalagang paksang ito ay tinalakay sa loob ng buong pampanitikang yunit ng taga-Roma 14:1-15:13 at gayundin sa I taga-Corinto 8-10 at taga-Colosas 2:8-23. Isang pantulong na aklat para sa akin sa bahaging ito ay sina Gordon Fee at douglas Stuart, *How To Read the Bibliya For All Its Worth*, pp. 75-86.
G. Gayunman, ito ay kailangang maihayag na ang pluralismo sa gitna ng matatapat na mga mananampalataya ay hindi isang masamang bagay. Bawat mananampalataya ay may mga kalakasan at mga kahinaan. Ang bawat isa ay kailangang lumakad sa liwanag na kanyang taglay, palagiang bukas sa Espiritu at sa Bibliya para sa mas higit na liwanag. Sa yugtong ito ng pagkakita sa isang madilim na baso (I taga-Corinto 13:8-13), ang isa ay kailangang lumakad sa pag-ibig (v. 15) at kapayapaan (vv. 17,19) para sa pagkatuto ng bawat-isa.
H. Ang mga titulong "mas malakas" at "mas mahina" na ibinibigay ni Pablo sa mga pangkat na kinikilingan nila sa atin. Ito ay hindi tiyak na layunin ni Pablo. Kapwa mga pangkat ay matatapat na mga mananampalataya. Hindi tayo nagtatangkang hubugin ang ibang mga Kristiyano sa ating sarili! Tinatanggap natin ang bawat-isa kay Kristo!

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA MGA TAGA-ROMA 15:1-13

A. Ang pagtalakay patugkol sa Kristiyanong kalayaan at pananagutan ay nagpapatuloy sa 15:1-13 mula sa kabanata 14.
B. Ang buong pangangatuwiran ng14:1-15:13 ay maaaring mabalangkas bilang:
   1. Tanggapin ang bawat isa dahil tinanggap tayo ng Diyos kay Kristo (cf. 14:1,3; 15:7)
   2. Huwag mong hatulan ang bawat-isa dahil si Kristo ang atin lamang na Panginoon at Hukom (cf. 14:3-12)
   3. pag-ibig ay mas mahalag kaysa pansariling kalayaan (cf. 14:13-23)
   4. sundan ang mga halimbawa ni Kristo at ilagak ang iyong mga karapatan para sa pagkakatatag at ikabubuti ng iba (cf. 15:1-13)
C. 15:5-6 ay ipinapaliwanag ang tatlong-tuping layunin ng buong konteksto of 14:1-15:13
   1. Mabuhay ng may pagkakaisa sa bawat-isa
   2. Mabuhay sang-ayon sa halimbawa ni Kristo
   3. Sa may pinagkaisang puso at labi ay naghahandog ng nagkakaisang papuri sa Diyos
D. Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pansariling kalayaan at pangkalahatang pananagutan ay matatalakay sa I taga-Corinto 8- 10.

**6:13**
**NASB "Ang mga pagkain ay sa tiyan"**
**NKJV "Mga pagkain para sa tiyan, at tiyan para sa mga pagkain"**
**NRSV "Ang pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan para sa pagkain"**
**TEV "Sasabihin pa ng isa, 'Ang pagkain ay para sa tiyan. At ang tiyan ay para sa pagkain'"**
**NJB "Ang mga pagkain ay para sa tiyan, at ang tiyan ay para sa mga pagkain"**

Ito ay maaring isa pang sawikain. Tila ito'y tumutukoy sa isang di angkop na pag-intindi ng bibliya ng mga makamundo't huwad na mga guro. Isinasaysay ni Pablo na mayroong bahagi ng katotohanan sa sinasabi nila (cf. Marcos 7:19). Si Pablo ay maaring

1. gumagamit ng isang paraang pampanitikan na tinatawag na panunuligsa, kung saan gumagamit siya ng mga ipagpalagay nating kunwaring mga sumasalungat upang sabihin ang kanyang mga teolohikal na punto
2. nagsisispi ng mga sawikain ng mga huwad na gurp, sa ilang bahagi ng mga aral na maaring nanggaling kay Hesus o kay Pablo

▣ **"nguni't kapuwa iwawasak ng Diyos yaon at ang mga ito"** Ito ay isang parunggit para sa idinarangal na Kaharian. Ang pagkain ay bahagi lamang ng panahon, hindi panghabang-buhay. Kumain si Kristo ng isda pagktapos ng kanyang muling pagkabuhay (i.e., Juan21), subalit iyon ay pagkakataon upang puntahan ang Kanyang mga puno ng takot na mga alagad, hindi Niya iyon pisikal na pangangailangan. May sinabi si Hesus tungkol sa isang salu-salo (i.e., Lucas 22:30), ngunit maging ito, ay isang talinghaga ng pagsasama, hindi isang pisikal na pangangailangan para ulitin.

Ang pariralang "nguni't kapuwa iwawasak" (cf. NASB) o "sirain" (cf. NKJV) ay *katargeō*. Ginamit ni Pablo ito ng dalawampu't pitong beses, ngunit sa iba't-ibang paraan. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Katargeō* sa 1:28.

▣ **"Datapuwa't ang katawan ay hindi sa pakikiapid"** Malinaw nitong pinapakita ang huwad na karugtong. Ang tao ay ginawa para sa buhay at ang pag-unlad nito sa planetang ito. Subalit, mayroong mga binigay na hangganan ang Diyos upang masiguro ang mahaba, masaya, at mabungang pamumuhay. Simula noong pagbagsak (cf. Genesis 3), ang sangkatauhan ay nagnanais na makuha ang madaliang kaluguran, at personal na kasiyahan sa kahit anong paraan!

▣ **"ang katawan… kundi sa Panginoon; at ang Panginoon ay sa katawan"** Ang mga pariralang ito ay nasa magkaparis na ugnayan. Ang sinasabi dito ay tila ang mga mananampalataya ay pag-aari ng Diyos (cf. v. 20; 7:23; Mga Gawa 20:28).Nais Niyang gamitin ang kanilang mga katawan para Siya'y paglingkuran, Kanyang mga layunin. Ito ay maaring paglalaro ng mga salita sa katawan ng tao at sa iglesiya ni Kristo bilang katawan.

**6:14** Ang dipinitibong kabanata sa Bagong Tipan sa muling pagkabuhay ni Kristo at ang muling pagkabuhay ng mga mananampalataya ay I taga-Corinto 15.

Sa dahilan ng kaisipang Griyego (i.e., ang pisikal na katawan ay masama) dapat idiin na ang kaisipang biblical ay hindi nanghahamak ng katawan. Sa kontekstong ito ang katawan ay

1. ginawa "para sa Panginoon" (cf. v. 13)
2. "kasapi ni Kristo" (cf. v. 15)
3. Ay templong pinaninirahan ng Espiritu (cf. v. 19)
4. para pagpurihan si Kristo (cf. v. 20)

Ang katawan ay hindi masama. Ito ay mabubuhay muli at magiging bahagi ng walang hanggang kaharian, Subalit, ito rin ay lupain ng tukso at ang moral na digmaan ng kasalanan. Ibinigay niKristo ang katawang pisikal niya para sa iglesiya. Dapat sundin ng mga mananampalataya ang halimbawang ito. (cf. I Juan 3:16).

▣ **"binuhay ng Diyos ang Panginoon,"** Sa *A Textual Commentary of the Greek New Testament* ni Bruce M. Metzger isinasaysay ang iba't-ibang mga Griyegong manuskrito na may kaugnayan sa PANDIWANG PANAHUNAN:

1. AORIST sa MSS $P^{46C2}$, B
2. PANGKASALUKUYANG sa MSS $P^{11}$, $P^{46}$, A, $D^{*}$
3. PANGHINAHARAP sa MSS $P^{46C1}$, א, C, $D^{3}$

Ang PANGHINAHARAP na panahunan ay akma sa konteksto at ang kaparis nito sa II taga-Corinto 4:14" (p. 552; $UBS^4$ ay minarkahan ito ng "B" [halos tiyak]).

Ang pariralang ay isang magandang pagkakataon upang ipakita an gang NT ay madalas ipinapalagay ang mga gawa ng kaligtasan sa tatlong katuhan ng Diyos.

1. Ang Diyos Ama ang nagpalaki kay Hesus (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 6:4,9; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10)
2. Ang Diyos Anak ang nagpalaki sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Ang Diyos Banal na Espiritu ang nagpalaki kay Hesus (cf. taga-Roma 8:11)

▣ **"muling bubuhayin naman tayo"** Nagsaya si Pablo sa kanyang kasalukuang personal na relasyon kay Kristo (cf. 6:17). Ito ang napagtantong katapusan ng mundo ni Pablo (cf. C. H. Dodd). Sa totoong kalagyaan ang langitay dumating kay Pablo sa buhay na ito at mapupuno lamang sa buhay sa hinaharap.

Pinaniwalaan din ni Pablo na si Hesus ay malapit nang bumalik. Sa ilang mga teksto, isinaysay ni Pablo na siya ay buhay sa pagbabalik ni Kristo (cf. I taga-Thesalonica 4:17; I taga-Corinto 15:51-52; taga-Filipos 3:20). Subalit, sa ibang mga teksto, inuugnay niya ang kanyang sarili doon sa mga binuhay mula sa pagkamatay (cf. I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14). Ang buong aklat ng II taga-Tesalonica ay umaasa ng naantalang Parousia, tulad ng ilang bahagi ng Mateo 24, Marcos13, at Lucas 21.

Ang Ikalawang Pagbabalik ay ang pag-asa ng bawat henerasyong Kristiyano, ngunit katotohanan ng isa lamang na heneresyon. Subalit, ang muling pagkabuhay sab ago nitong katawan at masidhing pagsasama ay ang katotohanan sa lahat ng mananampalataya!

## NATATANGING PAKSA: ANG ANUMANG-PANAHAONG PAGBABALIK NI HESUS LABAN SA ANG HINDI PA (NT NA KABALINTUNAAN)

A. Ang Bagong Tipan na eskatolohikal na mag sipi ay nagpapakita ng Lumang Tipan propetikong kaunawaan na tumingin sa pangwakas na panahong sa pamamagitan ng pangkasalukuyang mga pangyayari.

B. Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21 ay napakahirap na mapaliwanag sapagkat sila ay tumatalakay sa ilang mga katanungan ng sabay-sabay.

   1. kailan ang Templo mawawasak?
   2. ano ang tanda ng pagbabalik ng Mesyas?
   3. kailan magwawakas ang panahon na ito (cf. Mateo 24:3)?

C. Ang dyanra ng Bagong Tipan g eskatolohikal na mgasipi ay madalas na isang kombinasyon ng apokaliptiko at propeteking wika na puno ng layuning kalabuan at labis na simboliko.

D. Ilang mga sipi sa NT (cf. Mateo 24, Marcos 13, Lucas 17 at 21, I at II taga-Thesalonica at Pahayag) ay tumalakay sa Ikalawang Pagdating. Ang mgasiping ito ay nagbibigay-diin sa:

1. ang eksaktong oras ng pangyayari ay di-nalalaman, ngunit ang pangyayari ay tiyak
2. malalaman natin ang pangkalahatang oras, ngunit hindi ang partikular na oras., ng mga pangyayari
3. ito ay biglang mangyayari at hindi inaasahan
4. dapat tayong maging mapanalagini, handa, at matapat sa nakatalagang mga tungkulin .

E. Mayroong isang teolohikal na kabalintuaang tensyon sa pagitan (1) ang anomang panahong pagbabalik (cf. Lucas 12:40,46; 21:36; Mateo 24:27,44) at (2) ang katotohanan na ang ilang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat na lumitaw.

F. Ang NT ay nagsasabi na ilang mga pangyayari ay lilitaw bago ang Ikalawang Pagdating:

1. Ang Ebanghelyo ay naipangral sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang matinding apostasya (cf. Mateo 24:10-13, 21; I Timoteo 4:1; II Timoteo 3:1ff.; II taga-Thesalonica 2:3)
3. ang kapahayagan ng "lalake ng kasalanan" (cf. Daniel 7:23-26; 9:24-27; II taga-Thesalonica 2:3)
4. pagtatanggal ng /siyang nagpipigil (cf. II taga-Thesalonica 2:6-7)
5. muling pagsigla ng mga Hudyo (cf. Zacarias 12:10; taga-Roma 11)

G. Lucas 17:26-37 ay hindi kahanay ng Marcos. Ito ay sadyang mayroong bahagyang Synoptikong pagkahanay sa Mateo 24:37-44.

**6:15 "Hindi baga ninyo nalalaman"** Tingnan ang tala sa 5:6.

▣ **"ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Kristo"** Gumagamit si Pablo ng isang pagkakatulad mula sa Genesis 2:24 bilang basehan para sa babala tungkol sapagkakaisa ng mga mananampalataya sa sekswal na pakikiapid sa anomang uri. Ang mga mananampalataya ay iisa kay Kristo (cf. 12:20,27; taga-Roma 12:5; taga-Efeso 4:12,16,25).

▣ **"patutot"** Ito ay isang salitang Griyego na *pornē*, na nanggaling sa PANDIWA na "para ipagbili" (i.e., *pernēmi,* cf. Kittel, *Theological Dictionary of the New Testament*, vol. 6, p. 580). Sa Corinto (at sinaunang Malapit na Silangan) mayroong dalawang uri ng patutot, isang sa kulto (i.e., pagsambang pagano) at alipin (i.e., para sa kita). Paulit-ulit na tinalakay ni Pablo ang *porneia* (cf. 5:1 [dalawang beses]; 9,10,11; 6:9,13,15, 16,18; 7:2; 10:8; II taga-Corinto 11:21). Ang pagpapayabong na pagsamba ng Pagano ay isinasagawa gamit ang mga mahalay na gawa. Ang mga tagapakinig ni Pablo ay tumanda na at sumali na sa mga ritwal at mga seremonya, ngunit ngayon sila'y mga Kristiyano na!

▣

**NASB "Huwag nawang mangyari"**
**NKJV "Tiyak na hindi"**
**NRSV "Hindi kalian man"**
**TEV "Imposible"**
**NJB "Wala sa nangyari"**

Ito ay isang panamdam na parirala (isang madalang na PANAGANONG OPTATIBO, na naghahayag ng masidhing kahilingan, kagustuhan, o dasal) na madalas na ginagamit ni Pablo upang ipakita ang kanyang pagkasindak sa kung paano tumugon ang iba (i.e., panunuligsa) sa kanyang mga pahayag o maretorikang mga tanong (cf. taga-Roma 3:4; 6:31; 6:2,15; 7:7,13; 9:14; 11:1,11; I taga-Corinto 6:15; taga-Galacia 2:17; 3:21; 6:14).

**6:16 "Ang dalawa ay magiging isang laman"** Ito ay isang sipi mula sa Genesis 2:24. Sa pag-aasawa, ang dalawang tao ay boluntaryong nagiging isang laman. Ang paglaguyo ay isang malakas na pag-iisang karanasan. Ito ay mayroong angkop at inatas ng Diyos na lugar sa buhay. Tulad ng lahat ng kaloob ng Diyos, maari itong maabuso at lumagpas sa mga hangganang binigay ng Diyos.

**6:17** Ito ay isang ispirituwal na analogo na nabuo mula sa Genesis 2:24. Kang ang isang lalaki at kanyang asawa ay naging isang laman sa paraang pisikal, ang mananampalataya at ang kanyang Panginoon ay nagiging isang ispirituwal na nilalang (cf. Juan 17:11,23; taga-Galacia 2:20; taga-Efeso 5:21-33). Isang magandang halimbawa ng teolohikal na konsepto ay ang taga-Roma 6:1-11. Ang mga mananampalataya ay mamatay kasama si Kristo, ay inililibing (sa bautismo) kasama si Kristo, at bubuhayin kasama si Kristo.

▣

**NASB "ay kaisang katawan niya"**
**NKJV "siya na kaisang katawan niya"**
**NRSV "sinomang kaisang katawan niya"**

**TEV "siya na kaisang katawan niya"**
**NJB "sinomang kaisang katawan niya"**

Ito ay ganap na kaparis ng sa 6:16.Ang gramatikong pagkakabuo ay

1. isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI tulad ng sa v. 16 (cf. Zerwick at Grosvenor, *A Grammatical Analysis of the Greek New Testament*, p. 508)
2. isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI (cf. Harold K. Moulton, *The analytical Greek Lexicon Revised*, p. 236)

Ang pabagu-bagong katumbas na mga salin (i.e., TEV, NJB), pati narin sa NASB, isinasalin ito bliang isang PANGGITNANG TINIG. Malinaw na ang konteksto ay nakatuon sa kakayahang magpasya ng dalawang partidong kasali.

**6:18 "Magsitakas kayo sa pakikiapid"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na walang gramatikal na ugnayan sa kung anong nangyayari bago o pagtapos (i.e., *asyndeton*), kung saan para sa Griyegong Koine na mambabasa ay isang paraan ng pagdiin, na naging dahilan para mapansin ang parirala.

Ang kasarian ng Tao ay isang kaloob mula sa mapagpalang Diyos, ngunit mayroong angkop at hindi angkop na aspeto kung paano isasabuhay ang mga kaloob na ito ng Diyos. Ipinagtibay ni Pablo ang pag-aasawa gamit ang kanyang sipi ng Genesis 2:24, ngunit mahigpit na inilagay ang mga hanggangan sa pagsisiping bago ang kasal o ang pakikipagsiping sa labas ng kasal.

Ang mga mananampalataya ay dapat patuloy na maging masigasig sa bagay na ito, higit pa kapag ang kultura ay walang pinipili. Ang mga kasalanang Sekswal ay malaking suliranin sa buhay ng pananampalataya. Dapat mamuhay ang mga mananampalataya sa naangkop na sekswal gawain sa bago nilang buhay (cf. II taga-Corinto 12:21; taga-Efeso 5:3; taga-Colosas 3:5).

▣ **"Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan"** Ito ay isang kakaibang puna. Sana'y mas naintindihan ko pa ito ng maayos. Maaring sinasalamin nito

1. ang paganong kultura ng Corinto
2. ang binibigyang-diin na mga turo ng mga huwad na guro
3. ang biniigyang-diin na mga pangaral ni Pablo (cf. vv. 12, 13)

Ang mga tao ay walang espiritu, sila ay isang espiritu (cf. Genesis 2:7). Kaugnay nito ay ang kaisipan ni Pablo na ang mga mananampalataya ay walang katawan, sila ay isang katawan. Ito ay maaring isang teolohikal na pag-unlad mula sa Genesis salungat sa kaisipan Griyego na hinamak ang pisikal na katawan bilang masama. Pinagtibay ng OT at ng NT ang muling pagkabuhay pisikal na isang paraan upang mapagtibay ang pagkakaroon ng kabutihan at kawalang hanggan ng katawan ng tao. Kalaunan ang makamundong kaalaman o mga antinomiyang mga guro ay pinaghihiwalay ang mga pisikal na aspeto at mental na aspeto, sa gayon pinagtitibay ang kaligtasan bilang kaalaman, sa halip na kabanalan o pagkamakatarungan. Pinapagtibay ni Pablo na ang ebanghelyo ay

1. isang taong dapat salubungin
2. isang katotohanan sa sang tao para manampalataya
3. isang buhay ng taong iyon na dapat tularan

Hindi dapat ito paghiwalayin! Ang mga tao ay isang pagkakaisa! Malawak ang saklaw ng Kaligtasan. Dumating na ang kaharian. Mayroong hindi mapuputol na ugnayan sa pagitan ng pananampalataya at pagkamasunurin. Ang unang pagpapakabanal ay dapat maging daan sa isang maunlad na pagpapakabanal. Ang pagkamsunurin ay katulad na isang kaloob (MAY PAHIWATIG) at isang kautusan (PAUTOS).

Ang isang kasamahan ko sa East Texas Baptist University, si Dr. Bruce Tankersley, ay nagpaalala sa akin na sa makakultong prostitusyon ang patutot ay isang kapalit para sa mga diyos-diyosan. Samakatuwid, ang mga sekswal na ugnayan ay hindi lamang immoral, kundi pagsamba sa diyos-diyosan.

**6:19 "hindi baga ninyo nalalaman"** Tingnan ang tala sa 5:6.

▣ **"ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu"** Ang pagiging Kristiyano ay nagpapalit sa pisikal na temple ng mga Hudyo sa ispirituwal na templo ng pisikal na katawan ni Kristo (cf. Juan 2:21) bilang Kanyang kinatawan, ang iglesiya (cf. 10:16,17; 11:29; 12:12-27). Ang konsepto ng temple ay ginamit sa dalawang paraan sa I taga-Corinto.

1. sa 3:16-17 ito ay ginamit ng buong local na simabahan
2. dito ay gimamit ito ng isang mananampalataya

Ito ay nagpapahayg ng dalisay na ugnayan sa pagitan ng kinatawan at mga indibidwal na aspeto.

Ang pinakamalaking punto ni Pablo sa kontekstong ito ay ang pagtawag sa kabanalan. Ang mga mananampalataya ay magiging likas na iba sa nakasanayang niyang kultura. Ito ay may dalawang layunin.

1. Tinutupad nito ang layunin ng Pagpapakabanal
2. Hinihikayat nito ang mga tao na manampalataya kay Kristo, kung saan ito ay ang kambal na pokus ng Dakilang Pagtanggap (cf. Mateo 28:19-20)

▣ **"ang Banal na Espiritu na nasa inyo"** Ito ay isang pagdiin sa naninirahang Banal na Espiritu. Ang kapangyarihan para sa buhay Kristiyano ay isang kaloob ng Diyos, tulad ng kaligtasan.Kailangan nating bigyang daan ang ating sarili sa gawa ng Espiritu. Lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay naninirahan sa mananampalataya.

4. ang Espiritu (cf. Juan 14:16-17; taga-Roma 8:9,11; I taga-Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
5. ang Anak (cf. Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; taga-Roma 8:10; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 2:20; taga-Efeso 3:17; taga-Colosas 1:27)
6. ang Ama (cf. Juan 14:23; II taga-Corinto 6:16)

Ang mga mananampalataya ay mga taong taglay ang Diyos. Ito ay naiiba sa pag-aari ng demonyo, doon ang kagustuhang makipagtulungan ng mananampalataya ay mahalaga sa bawat baiting at antas. Sinisira ng kadiliman ang kalooban ng isang tao, ngunit ang dakilang Diyos ay piniling kilalanin ang kalayaan ng Kanyang nilikhang tao. Tanging sa pagdating ng paghinog ng Kristiyano (i.e., Pagpapakabanal) na ang kagustuhan ng Diyos ay mangibabaw sa pwersa ng pagpapatnubay!

**6:20 "kayo'y binili sa halaga"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang talinghaga na ito ay nanggaling sa bilihan ng mga alipin (cf. 7:22-23; taga-Roma 3:24; taga-Galacia 3:13; 4:5). Sa OT ito ay kilala bilang ang *goēel*, na kung saan isang malapit na kamag-anak na tumubos ng isa mula sa pagka-alipin (cf. Levitico 25:25). Ito ay isang sanggunian na ipinalit si Kristo alang-alang sa pagsisisi ng iba (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21). Kapag ang isa ay tinanggap si Kristo siya ay tumitiwalag sa mga personal niyang karapatan sa kanyang katawan, at tinatanggap ang pananagutan para sa kalusugan at sigla ng buong temple, ang buong katawan (cf. I taga-Corinto 12:7).

▣ **"luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Diyos"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS, isang mahalagang kautusan, hindi isang opsyon. Kung paano namumuhay ang mga mananampalataya ay mahalaga para sa kasiguraduhan, sa kapayapaan, at sa pagiging saksi! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 2:7.

Mayroong dalawang matinding bagay na dapat iwasan sa buhay Kristiyano: (1) lahat at mali; (2) lahat ay tama. An gating katawan ay para sa Diyos, hindi sa sarili; ito'y para maglingkod, hindi ang magkasala (cf. taga-Roma 6). Ang pananaw na ito ng katawan ay naiiba mula sa pananaw ng mga Griyego na ang katawan ay ang bahay-kulungan ng espiritu. Ang katawan ay hindi masama, ngunit dito pinaglalabanan ang ispirituwal na buhay (cf. taga-Efeso 6:10-20).

Mayroong idinagdag na parirala sa NKJV, "at sa iyong espiritu, na sa Diyos," na nasa ilang yumaong ansial at sa ilang yumaong Griyegong manuskrito. Subalit, ang mga lumang teksto ay wala nito. Wala ito sa $P^{46}$, א, A, B, $C^*$, $D^*$, F, o sa G. Ang $UBS^4$ ay binigyan ang mas maikling teksto ng antas na "A" (tiyak).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Tinuruan ba ng kabanatang ito ang mga Kristiyano ngayon na huwag pumunta sa hukuman?
2. Paano at kalian hahatulan ng mga banal ang mga anghel?
3. Ang talaan ba ng mga kasalanan sa talata 9-10 ay tumutukoy sa gawa ng isa o sa kinagawiang pamumuhay?
4. Noong ipinahayag ni Pablo na lahat ay pinapayagan sa akin, ano ba ang talagang ibig niyang sabihin sa pahayag niyang iyon na tumutukoy sa mga personal na kaugalian at mga tiyak na kautusan sa Bibliya?
5. Bakit ang mga sekswal na kasalanan ay napakahalagang espiritwal na suliranin?
6. Ipaliwanag ang kaibahan sa pagitan ng pananaw na Griyego at pananaw na Kristiyano sa katawan.

# I MGA TAGA-CORINTO 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Suliranin ukol sa Pag-aasawa | Mga Panuntunan ng Pag-aasawa | Mga Kautusan ukol sa Pag-aasawa | Mga Katunungan tungkol Sa Pag-aasawa | Pag-aasawa at Pagkabirhen |
| 7:1-7 | 7:1-9 | 7:1-7 | 7:1a | 7:1-7 |
| | | | 7:1b-5 | |
| | | | 7:6-7 | |
| 7:8-16 | Panatilihin ang inyong Mga Panata sa Kasal | 7:8-9 | 7:8-9 | 7:8-9 |
| | 7:10-16 | 7:10-11 | 7:10-11 | 7:10-11 |
| | | 7:12-16 | 7:12-16 | 7:12-16 |
| Ang Buhay na iniatas Ng Panginoon | Mabuhay ayon sa Ipanagkaloob | Pag-aaral sa Katapusan at Pagbabago sa Estadong Soyal at Pag-aasawa | Mabuhay ng ayon sa Ipinagkaloob ng Diyos | |
| 7:17-24 | 7:17-24 | 7:17-20 | 7:17-24 | 7:17-24 |
| | | 7:21-24 | | |
| Ang mga Walang Asawa At mga Babaing Balo | Sa mga walang Asawa at Mga Babaing Balo | | Mga Katanungan tungkol sa Walang Asawa at Babaing Balo | |
| 7:25-35 | 7:25-40 | 7:25-31 | 7:25 | 7:25-28 |
| | | | 7:26-28 | |
| | | | 7:29-31 | 7:29-31 |
| | | 7:32-35 | 7:32-34 | 7:32-35 |
| | | | 7:35 | |
| 7:36-38 | | 7:36-38 | 7:36-38 | 7:36-38 |
| 7:39-40 | | 7:39-40 | 7:39-40 | 7:39-40 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 7:1-40

A. Ito ang pinaka malawak na pagtalakay ni Pablo sa pantahanang mga ugnayan. Tinatalakay niya ang
   1. sekswal na pakikiapid, 6:9-20; 7:2
   2. pag-aasawa, vv. 2-5, 10-16, 28
   3. mga walang asawa, vv. 6-9, 25-26, 29-35
   4. mga birhen, vv. 36-38
   5. muling pag-aasawa ng mga balong babae at balong lalake, vv. 39-40
   6. ang paulit-ulit na tema ay, "manatili kung ano ka," vv. 1, 6-7, 8, 10, 17-24, 26-35, 37, 40; dahil sa kasalukuyang suliranin at ang inaashaang *parousia*, kahit na siya'y mayroong mga pinapayagan

B. Ang Kabanata 7 ay isang napakagandang halimbawa sa kung paano ang lokal at temporal na pangyayari ay kailangang suriin muna bago wastong maintindihan ang Bibliya o makagawa ng mga pangkalahatang tuntnin para isagawa. Napakahirap sa libro ng I taga-Corinto na malaman ang pinangyarihang panahon dahil
   1. hindi natin tiyak kung ano ang kasalukuyang suliranin mayroon sa Corinto (maaring taggutom)
   2. hindi natin alam kung anong mga grupo ang sinasabi ni Pablo, sa anong mga talatang (i.e., asetiko o mga taong hayok sa kamunduhan)
   3. wala tayo nung sulat na sinulat ng iglesiya kay Pablo na nagtatanong ng mga tanong na ito (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12)

C. Tila may dalawang hindi naaangkop na ugali/pangkat sa Corinto na nagsasanhi ng malaking pag-aaway. Ang una ay ang mga taong pinili ang hindi magpadala sa tawag ng laman (cf. 7:1). Ang isa naman ay ang taong pinili ang makamundong mga gawi at hindi pagsunod sa kahit anong batas (cf. 6:12; 10:23). Lahat ng kattohanan ay nilusob ng mga kasukdulang ito. Sa I taga-Corinto 7, sinusubukan ni Pablo na magkaroon ng praktikal o teolohikong na ugnayan sa dalawang ito, habang patuloy siyang nakikipag-usap sa parehong pangkat.

D. Mayroong patuloy na temang tumatakobo sa kabanata 7. Ito ay ipinapakilala ng mga talatang 17, 20, 24, 26, 40 at gumawa ng parunggit sa talatang 8. Ang tema ay "manatili kung ano ka" dahil maikli lang ang oras. Hindi ito maaring mgaing pangkalahatang prinsipyo dahil
   1. ito ay may kaugnayan sa isang panahon ng pag-uusig
   2. ang Pag-aasawa ay kaloob ng Diyos sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:28)
   3. ang iglesiya ay nakaranas ng mga panloob na suliranin dahil sa mga huwad na

   Ang isa'y magtataka kung anong kategorya (i.e., hindi nag-asawa, nakapag-asawa, o ikinasal sa hindi mananampalataya) ang naranasan ni Pablo. Maring may alam na siya sa lahat ng ito. Marami sa mga Hudyo ang ikinasal ng walang rabinikal na pagkakaintindi sa Genesis 1:28 pati ang tradisyon. Ang asawa ni Pablo ay maaring namatay (i.e., siya ay balong lalaki) o siya ay iniwan nito dahil sa kanyang bagong pananampalataya (i.e., siya ay hiwalay na). Sa panahon na siya ay tinawag para magligtas at (i.e., ang daan patungong Damascus) personal niyang pinili ang buhayna walang asawa, tulad ni Barnabas, ngunit hindi niya ipinagbawal ang pag-asawa ni Pedro (cf. 9:5).

E. Ang Pag-aasawa sa Bibiliya ay ang inasahang pamantayan (cf. Genesis 1:28; 2:18). Si Pablo ay maaring naikasal na noon (i.e., ang pagsasangkot ng Mga Gawa 26:10, kung si Pablo ay kasapi ng Sanhedrin, dapat siya ay may asawa). Inihayag niya na ang kasal ay isang kagalang-glang na estado ng mananampalataya (cf. I taga-Corinto 6:16; 7:14; II taga-Corinto 11:2 and taga-Efeso 5:22-31). Dapat nating tandaan na sinasabihan ni Pablo ang isang lokal na unang dekada, Hentil, nakapangkat, makamundong sitwasyon.

F. Ang pagtalakay ni Pablo sa pagtutuli sa talatang 19 ay nagpapatibay na para kay Pablo ang mga ritwal at alitutunin ng OT ay namatay na sa ebanghelyo ni HesuKristo para sa mga naniniwalang Hentil (cf. Mga Gawa 15) at ito'y, samakatuwid ay hindi pagbibigkis. Sa teolohikong na pananalita, madalas na nasasabi na pinagtititbay ni Pablo ang mga wastong aspeto ng OT, ngunit tinatanggihan ang mga seremonyal na aspeto. Sa ilang banda ito ay totoo

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1-7

**[1]At tungkol sa mga bagay na isinulat ninyo sa akin: Mabuti sa lalake ay huwag humipo sa babae. [2]Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid, ang bawa't lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon**

**ng kaniyang sariling asawa. [3]Ibigay ng lalake sa asawa ang sa kaniya'y nararapat: at gayon din naman ang babae sa asawa. [4]Ang babae ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman ang lalake ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa. [5]Huwag magpigil ang isa't isa, maliban kung pagkasunduan sa ilang panahon, upang kayo'y mamalagi sa pananalangin, at muling kayo'y magsama, baka kayo'y tuksuhin ni Satanas dahil sa inyong kawalan ng pagpipigil. [6]Nguni't ito'y sinasabi ko na parang payo, hindi sa utos. [7]Kaya't ibig ko sana, na ang lahat ng tao ay maging gaya ko. Nguni't ang bawa't tao'y mayroong kanikaniyang kaloob na mula sa Diyos, ang isa'y ayon sa paraang ito, at ang iba'y ayon sa paraan yaon.**

**7:1 "At tungkol sa mga bagay na isinulat ninyo sa akin"** Maaring ang mga problemang nabanggit sa 1-6 na kabanata ay may kaugnayan kay Pablo gawa ng mga tagasunod ni Chloe. Ang pariralang "at tungkol sa" ay tumutokoy sa mga tiyak na mga katanugnan na pinadala ng simabahan sa Corinto kay Pablo na maaring gawa ni Stephanas, Fortunatus, at ni Achaicus (cf. 7:25; 8:1; 12:1; 16:1,12). Napakahirap intindihin ng kabanatang ito nang wala kang katiyakan kung ano ang mga katanugan ng mga taga-Corinto na itinanong at kung sino ang nagtanong (i.e., mga tapat na mananampalataya, ang makamundong pangkat, ang asetikong pangkat, o isa sa mga pangkat ng bahay-iglesiya).

▣

**NASB, NKJV "Mabuti sa lalake ay huwag humipo sa babae"**
**NRSV "mabuti sa lalake, na huwag humawak sa babae"**
**TEV "mabuti sa lalake ang huwag mag-asawa"**
**NJB "Oo, mabuti sa isang lalaki na huwag humawak sa babae"**

Ang salitang "mabuti" ay may malawak na semantikong sakop, ngunit sa kontekstong ito ang kahulgan nito ay "napapakinabangan" o "para sa kabutihan ng isa" (cf. vv. 1,8,26). Ito ay ginamit sa parehong paraan sa Septuagint sa Genesis 2:18. Ang kabuuan ng layunin ni Pablo ay kung ano ang pinakamabuti para sa isang indibidwal sa panahon ng pagkabalisa at kung ano ang pinakamabuti sa Kaharian ng Diyos

Ito maaring tumutukoy sa

1. isang sipi mula sa sulat na pinadala ng mga taga-Corinto kay Pablo
2. isang sawikain ng mga nagpapangkat na grupo
3. isang parirala na kinuha mula sa pangaral ni Pablo, ngunit initindi sa maling paraan. Ang salitang "humipo" ay maring iba't-ibang kahulugan, "tangnan", "hawakan", "pangasiwaan." Ito'y kalaunay ginamit na talinghaga ng kaugnayang sekswal (cf. LXX Genesis 20:6; Kawikaan 6:29; Josephus' *Antiquities* 1.163; also Plato, *Leges* 8.840a; at Plutarch, *Alex. M.* 21.4. Tingnan ang Bauer, Arndt, Gingrich at Danker's *Lexicon*, p. 102, ngunit hindi ginamit sa paraang sekswal sa Koine Papyri sa Ehipto). Hindi ibinababa ni Pablo ang pag-aasawa o kasarian ng tao, kundi ang pang-aabuso ng sangkatauhan sa sekswalidad. Ang sangkatauhan ay palaging inaabuso ang mga kaloobng Diyos. Ang sosyal na kalagayan ng Corinto ay mula sa makamundo papunta sa kasukdulan (cf. v. 2a).

▣

**NASB "Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid"**
**NKJV "Gayun pa man, dahil sa pakikiapid"**
**NRSV "Ngunit dahil sa kaso ng pakikiapid"**
**TEV "Ngunit dahil sa sobrang pakikiapid"**
**NJB "ngunit upang makaiwas sa pakikiapid"**

Ang pag-aasawa ay hindi suliranin kay Pablo. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, IKATLONG PANAUHANG PANG-ISAHAN. Marami ang nainiwala na siya ay isang rabbi dahil sa siya ay nag-aral sa ilalim ni Rabbi Gamaliel at siya'y masugid para sa batas. Alam niyang ang pag-aasawa ay kailangan upang matupad ang nasa Genesis, "humayo at magpakarami" (cf. Genesis 1:28; 9:1,7). Ang kasarian ay kaloob mula sa Diyos. Ang lipunang Hentil ay maluwag sa gawainbg sekswal at pakikipapid dahil ang pakikipagsiping ay ginagamit sa mga kaugalian ng pagano sa pagsasamba na naisip na Pablo na dapat niyang bigyang-pansin.

Binabanggit ni Pablo ang teolohikong na paksa ng hindi pag-aasawa at ang kasalukuyang tagpo ng pag-uusig. Mayroong ispiritwal na kaloob ang hindi pag-aasawa. Hindi ito mas higit na ispiritwal kaysa sa pag-aasawa. Ang isang walang asawa ay kayang magbigay ng mas maraming oras, lakas, personal na ambag upang makapaglingkod. Mabuti ito, ngunit hindi para sa lahat, at hindi rin para sa nakararami!

Ang tunay na paksa ni Pablo sa kontekstong ito ay hindi ang kawalan ng asawa, kundi "manitili kung ano ka." Mahirap noong panahon. Ang Pag-uusig ay tumataas. Sinasabi sa kasaysayan na may tatlong malawakang taggutom sa panahong ito. Pinapagtibay ni Pablo ang pag-aasawa (cf. 6:16), ngunit sa kasalukuyang sosyal na kalagayan pinapagtanggol niya ang hindi pagkakaroon ng asawa. Hindi ito isang pangkalahatang alituntunin, kundi isang pansamantalang kultural na babala.

Ang inaalala ni Pablo sa v. 2 ay ang malaganap na pakikiapid na unanng dekada ng Griyego-Romanong kultura. Sa isang makamundong lipunan ang isang tapat, kasal lamang sa isa ay mas mabuti sa ispiritwal, emosyonal at pisikal kaysa sa pasmabang pagano. Hindi lamang napapagtibay ang kasal, ngutnit ang tamang pananagutan na bawat kapareha ay pinagtibay din.

**7:2 "ang bawa't lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa"** Ito ay dalawang PANGKASALUKUYANG MGA PAUTOS, ngunit hindi ito gumagana bilang utos, maliban kung inaasam nito ang v. 5. Ito ay isang gramatikong magpakarehong kayarian, gayundin ang mga vv. 3 at 4. Ang pag-aasawa ay hindi ang kataliwasan, ito ay pamantayan, hindi isang pagbibigay-loob (cf. I Timoteo 4:3; Hebreo 13:4).

**7:3** Ang talatang na ito ay mayroon ding dalawang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS. Nagbigay si Pablo ng apat na mga patnubay sa dalawa na talatang. Maari rin na si Pablo ay humaharap sa dalawang suliranin sa parting ito ng sekswalidad ng tao (cf. Gordon D. Fee, *To What End Exegesis*, pp. 88-98).

1. Ang mga makamundong mga Kristiyano na pinagpatuloy ang kanilang mga paganong sekswal na ugali, lalo sa mga gumagawa nito sa mga panganong temple at mga pista (i.e., mga makamundong tao)
2. Mga Kristiyanong ginawa kahit ang kasal na pagsisiping na isang kasalanang ispiritwal (i.e., mga asetiko, cf. v. 5 at sa ganong paraan ang v. 1 ay naging sawiakain o isa sa mga pangkat)

**7:4** Pinapakita ng talatang na ito ang kakayahan ni Pablo na timbangin ang mga kamalian sa sarili niyang kultura (cf. taga-Efeso 5:21,22-33). Sa panahon ni Pablo, ang mga asawang babae ay kaunti lamang ang karapatan. Binanggit ni Pablo na ang mag-asawa ay mayroong pantay na pananagutan. Ang pangangailangang sekswal ay hindi masama. Iyon ay pagnanais na kaloob ng Diyos.

**7:5 "Huwag magpigil ang isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS kasama ang SALUNGAT NA KATAGA, na madalas na nagpapahiwatig na "tigilan ang kasalukuyang gawa." Ito ay umuugnay sa problemang asetismo sa loob ng simabahang Corinto. Hinahayag din nito ang pagsisiping o bantiting pagsisiping, ay hindi dapat maging instrument upang kontrolin ng isa ang kanyang asawa!

▣ **"maliban kung pagkasunduan"** Ang pariralang ito ay nagsisimula sa *ei mēti*, na ang ibig sabihin ay "maliban kung" or "maliban kung ito'y" (cf. Lucas 9:13). Ito ay nagbibigay ng isang posibleng kataliwasan sa nasabing pamantayan. Ang uri ng kaayusang ito (i.e., isang patakaran tapos isang kataliwasan) ay gingamit sa buong kabanatang ito. Nilalakad ni Pablo ang teolohikong na lubid sa pagitan ng legalismo/asetisismo at libetanismo/antinomiyanismo. Bawat pangkat ay mayroong sariling mga gawain at sawikain!

Mapapansin na si Pablo ay naghahayag ng isang makapantay na modelo. Ang lalaking asawa ay walang karapatang pumili ng mag-isa! Nakakapanlumo na ng biblikal na pamumuno ng lalaki ay mali ang pagkakaintindi. Ang asawang lalaki ay dapat kumilos sa mapagbigay na paraan para sa ikauunlad ng pamilya (cf. taga-Efeso 5:25-29), hindi para sa pansariling interes or sa personal na kagustuhan, kundi para sa ispirituwal na pamamahala.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAE SA BIBLIYA

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
      2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
      3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
      4. mga babae bilang mga samsam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
   B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
      1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
      2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
      3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
      4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
      5. ang gma anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
      6. bahagi ng taong nakipagkasundo (Deuteronomio 29:10-12)
      7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
      8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronica 25:5-6)
      9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
   C. Ang mga kababaihan ay mga tungkulin sa pamumuno
      1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Micah 6:4)

2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Chronica 34:22-27)
5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya

II. Ang Bagong Tipan

A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno

1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Mga Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Mga Gawa 21:8-9)
5. Si Phoebe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (taga-Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Mga Gawa 18:26; taga-Roma 16:3)
7. Sina Maria, Tryphaena, Tryphosa, Persis, Julia, kapatid ni Nereus' sister, maraming kamanggaawa ni Pablo (taga-Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (taga-Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (taga-Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?

1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Mga Gawa 15; taga-Galacia 3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng of paganong Roma (I taga-Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I taga-Corinto 7:20-24)
      (3) ang selibato (I taga-Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I taga-Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa mga idolo (I taga-Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I taga-Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to a partikular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I taga-Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos and Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Subalit, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. taga-Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I taga-Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. taga-Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Mga Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni

Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabIsaias

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung kung ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at maluDiyos ang Diyos sa mga babaing namumuno? and pleased with women leaders? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, and *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa

*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)
*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee
*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Peter H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

▣

**NASB, NRSV "upang kayo'y mamalagi sa pananalangin"**
**NKJV "nang ibigay niyo ang inyong sarili sa pag-aayuno at panalangin"**
**TEV "upang gamitin niyo ang inyong oras sa panalangin"**
**NJB "upang gawing libro ang iyong sarili para sa panalangin"**

Ang "Pag-aayuno" ay nasa Textus Receptus na sumusunod sa MSS א[c], K, at L at ang Peshitta. Subalit, ang nakararami sa mga sinaunang tekstong Griyego na, P[11], P[46], א[*], A, B, C, D, G, P, marami sa nga sinaunang mga salin, at mga pangkasalukuyang Ingles a mga salin, ay <u>hindi</u> ito kasama. Ang UBS[4] ay binigyan ang mas maikling teksto ng grading "A" (sigurado).

Ang prinsipyo ng NT sa bluntaryong pag-aayuno para sa ispirituwal na layunin ay kaparis ditto ng sekswal na pangilin sa loob ng kasal para sa ispirituwal na layunin.

## NATATANGING PAKSA: PAG-AAYUNO

Ang pag-aayuno, bagaman di kailanman inutos sa NT, ay inaasahan at nararapat sa panahon para sa mga alagad ni Hesus mga alagad (cf. Mateo 6:16,17; 9:15; Marcos 2:19; Lucas 5:35). Ang wastong nag-aayuno ay inilarawan sa Isaias 58. Si Hesus ay nagtatakda ng pamamarisan mismo (cf. Mateo 4:2). Ang sinaunang iglesiya ay nag-aayuno (cf. Mga Gawa 13:2-3; 14:23; II taga-Corinto 6:5; 11:27). Ang layunin at paraan ay napakahalaga; ang pagsasaoras, ang haba, at dalas ay opsyonal. Ang pag-aayuno sa OT ay hindi isang pangangailanga para sa mga mananampalataya sa NT (cf. Mga Gawa 15:19-29). Ang pag-aayuno ay hindi isang paraan ng pagpapakita ng espiritwalidad, ngunit ng paglamit sa Diyos at sa paghahanap ng Kanyang pamatnubay. Ito rin makakatulong sa espiritwal na pangangailangan.

Ang pagkagawi ng sinaunang iglesiya sa asetisismo ay nagduloy sa mga eskriba na ilagay ang "nag-aayuno" sa maraming mga talata (i.e., Mateo 17:21; Marcos 9:29; Mga Gawa 10:30; I taga-Corinto 7:5). Para sa mas malalim na impormasyon sa mga may alintangang mga teksto, sumangguni kay Bruce Metzger, *One Textual Commentary on the Greek New Testament*, na inilimbag ng United Bible Societies.

▣ **"baka kayo'y tuksuhin ni Satanas"** Kahit ang mga mag-asawa ay kailangang maging maingat sa mga tusong mga tukso ni Satanas sa pag-aasawa. Ang kasarian ng tao, bagaman kaloob ng Diyos, ay isang makapangyarihang tulak sa tao. Ginagamit ni Satanas ang aspetong ito ng bayolohikal na pangangailangan bilang instrument upang ilayo ang makamundong sangkatauhan mula sa Diyos. Ito ay totoo sa parehong nawala at nailigtas, bagaman sa magkaibang antas (cf. I Timoteo 5:14-15).

Sa kontekstong ito makikitang mayroong suliranin na bumabanggit ng isang teolohiya ng kasarian ng tao sa iglesiya ng Corinto. Maaring pareho itong mayroong kasukdulan ng asetisismo or libertanismo.

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Theology,* pp. 300-306).
2. Ang pagkaunawa sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblical* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikal na Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman.*

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat

1. taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. demonyong tagapag-usig (I Chronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikong, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang

pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

▣ **"dahil sa inyong kawalan ng pagpipigil"** Ito ay ang salitang *kratos*, na ang ibig sabihin ay "kapangyarihan," "lakas," "patakaran," kasama ang UNLAPING A-, na nagkakaila ng kahulugan. Itong kawalan ng pagpipigil sa sarili ay nabanggit sa

1. Mateo 23:25 na may kaugnayan sa mga sulat at mga Pariseo
2. I taga-Corinto 7:5 na may kaugnayan sa mga mag-asawa
3. II Timoteo 3:3 sa mga talaan ng mga bisyo.

Ang kaugnay na salitang, *egkrateia*, ay mayroong kahulugan ng pagpigil sa sarili, na may kaugnayan sa gawaing sekswal.

1. Mga Gawa 24:25 sa takaan ng mga mabuting gawi na pinakita ni Pablo kay Felix
2. I taga-Corinto 7:9 sa mga talakayan ni Pablo sa mga karapatan ng pag-aasawa
3. I taga-Corinto 9:25 na may kaugnayan sa pampalakasang pagsasanay
4. taga-Galacia 5:23 sa talaan ni Pablo ng mga bunga ng Espiritu
5. II Pedro 1:6 sa talaan ng mga katangian patungo sa kaunlaran.

Ang pagpigil sa sarili ay (1) isang ispiriiwal na bunga ng Espiritu at (2) isang pinagbuting kasanayan upang kontorlin ang mga natural na pagnanais. Ang pagsakop ng nailigtas na espiritu ng tao sa laman ay maari sa tulong ng naninirahang Espiritu santo. Ang pagnanais ay hindi masama, maliban kung ito ay lumagpas na sa hanggang binigay ng Diyos.

**7:6**
**NASB "Nguni't ito'y sinasabi ko na parang payo, hindi sa utos"**
**NKJV "Ngunit sinasabi koi to bilang payo, hindi isang utos"**
**NRSV "Sinasabi sa praang ng pagpapayo, hindi ng pag-uutos"**
**TEV "Sinasabi ko ito hindi bilang utos, kundi bilang isa lang pahintulot"**
**NJB "Sinasabi ko sa iyo itobilang payo, hindi isang utos"**

Ang v. 6 ba ay tumutukoy sa (1) vv. 1-5; (2) vv. 3-5; (3) v. 5; o sa (4) v. 7? Binibigay ni Pablo ang kanyang pinangungunahan ng Espiritu na palagay. Inaasahan niya

1. ang Ikalawang Pagdating anumang oras
2. ang tumaas na pag-usig anumang oras
3. patuloy na taggutom

Ang layunin niya ay tulungan ang mga mananampalataya na kayanin ang mga pangyayari, hindi limitahan sila.

**7:7 "Kaya't ibig ko sana, na ang lahat ng tao ay maging gaya ko"** Ito ay maaring tumutukoy kay (1) Pablo bilang isang tao; (2) Pablo bilang nilalaman; o kay (3) Pablo bilang mapagpigil sa sarili (cf. v. 9). Si Pablo ay maaring nagka-asawa na dahil sa pagtulak ng kulturang Hudyo niya at mga pagsasangkot ng Mga Gawa 26:10, kung saan si Pablo ay tila kasapi ng Sanhedrin (i.e., "Ako ay maglalagay ng boto"). Kung siya man ay kasapi ng Sanhedrin, siya ay dapat may asawa.

Ang nais ni Pablo a manitili ang mananampalataya na tulad niya, kailangan nitong linawin sa ilang paraan.

1. Inasahan ni Pablo ang Ikalawang Pagbabalik sa kanyang buong buhay, tulad ng lahat uang dekadang mga Kristiyano. Ang anomang oras na pagbalik ni Hesus (tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:14) ay sinadya na maging isang malakas na udyok tungo sa pagpapakanbanal at ebanghelismo sa bawat panahon.
2. Ang pananaw ni Pablo ay dapat makita sa utos ng Diyos na "humayo at magpakarami" ng Genesis 1:28. Kung ang mga Kristiyano ay hindi mag-aasawa, ano na ang susunod na henerasyon?
3. Si Pablo mismo ay ma mataas na pagtingin sa pag-aasawa (cf. 6:16), sa paanong paraan niya pa ito gagamitin bilang analogo ni Kristo at ng iglesiya tulad ng mag-asawa sa taga-Efeso 5:22-33?

▣ **"bawa't tao'y mayroong kanikaniyang kaloob na mula sa Diyos"** Ito ay tila tumutukoy sa hindi pag-aasawa bilang isa sa maraming ispiritwal na kaloob (cf. Mateo 19:12). Hindi ito nakatala sa kahit anong talaan ng mga kaloob (taga-Roma 12; I taga-Corinto 12; taga-Efeso 4). Ito ay tila hindi isang tipikal na kilos o nagagamit tulad ng ibang kaloob. Ginagamit ni Pablo ang salitang "kaloob" sa espesyal na kagamitan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:8-9

**[8]Datapuwa't sinasabi ko sa mga walang asawa, at sa mga babaing bao, Mabuti sa kanila kung sila'y magsipanatiling gayon sa makatuwid baga'y gaya ko. [9]Nguni't kung sila'y hindi makapagpigil, ay magsipagasawa: sapagka't magaling ang magasawa kay sa mangagningas ang pita.**

**7:8 "mga walang asawa, at sa mga babaing bao"** Ang unang salita ay PANGLALAKI at maaring tumutukoy sa (1) lahat ng taong walang asawa o (2) sa mga lalaking balo. Ang pangalawang salita ay PAMBABAE at kaugnay nito (1) yung mga lalaking asawa na namatay na o (2) babaing balo.

▣ **"Mabuti sa kanila"** Tingnan ang tala sa 7:1 sa "mabuti."

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na tumutukoy sa potensyal na kilos.

▣ **"magsipanatiling gayon sa makatuwid baga'y gaya ko"** Nagbanggit si Pablo ng isang ispiritwal na kaloob sa v. 7, ngunit ang talatang na ito ay nagbabanggit ng pangyayari sa buhay, hindi isang kaloob. Maaring ang "kaloob" ay ginamit sa kontekstong ito sa paraang pang-ugali o pang-pananaw.

**7:9 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI na ipinalagay na totoo mula sa paningin ng manunulat o para sa kanyang layuning pampanitikan. Marami ang gustong mag-asawa hindi dahil sila ay masama, kung hindi dahil sa sila ay wala ng kaloob na hindi pag-aasawa.

▣ **"Nguni't kung sila'y hindi makapagpigil"** Sa modernong pandinig ito ay masyadong negatibo. Sinasabi ba ni Pablo na ang pag-aasawa ay tanda ng pagkawala ng pagpipigil sa sarili ng isang mananampalataya? Ito ba ay mas maliit na ispiritwal na kalagayan? Sa kaliwanagan ng mga turo ng lahat ng Banal na Kasulatanito ay maaring hindi totoo. Idinidirekta ni Pablo ang kanyang mga puna sa kasalukyang lokal at pansamantalang pangyayari. Ito ay hindi pangkalahatang puna sa pag-aasawa o sa hindi pag-aasawa. Ang pag-aaswa ay hindi mas mababa sa dalawang masama; subalit ang mahalay na pakikiapid, ay lagpas na sa kasukdulan.

▣ **"magsipagasawa"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Sinusuportahan ni Pablo ang pag-aasawa (cf. I Timoteo 5:14).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sapagka't magaling ang magasawa kay sa mangagningas ang pita"** |
| **NKJV, TEV** | **"Sapagkat mas mabuting mag-asawa kaysa masunog ang pita"** |
| **NRSV** | **"Sapagkat mas mabuting mag-asawa kaysa magliyab ang pita"** |
| **NJB** | **"Bagkus mas mabuting mag-asawa kaysa masunog"** |

Pansinin ang kaibahan sa pagitan ng "mag-asawa" (AORIST NA TAHAS NA PAWATAS) at "masunog" (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAWATAS). Ang pag-aasawa ay nagdadala sa patuloy na silakbo ng damdamin sa maayos na pamamahala. Ito rin ay hind isang nanghahamak na puna sa pag-aasawa, kung hindi isang praktikal na pagmamasid. Ang pag-aasawa ay isang normal na paraan upang punan ang malakas at patuloy, na nais na kaloob ng Diyos. Ang parehong salita na "sumunog" ay ginamit ni Pablo sa kanyang sarili sa II taga-Corinto 11:29, samakatuwid, ito ay hindi isang negatibong salita.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:10-11

**[10]Datapuwa't sa mga may asawa ay aking ipinaguutos, Nguni't hindi ako, kundi ang Panginoon, na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa. [11](Datapuwa't kung siya'y humiwalay, ay manatiling walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa); at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa.**

**7:10 "sa mga may asawa"** Ito ay ang ikatlo sa mga pangkat na nabanggit: "ang walang asawa," "ang nawalan ng asawa," at ngayon "ang may asawa."

▣ **"hindi ako, kundi ang Panginoon"** Sa pariralang ito, tinutukoy ni Pablo ang mga salita ni Hesus, marami, ngunit hindi lahat, na nakatala sa mga Sinoptoking Ebanghelyo na tungkol sa paghihiwalay (cf. Mateo 5:32, 19:6; Marcos 10:11-12; Lucas 16:8).

Ito ay isang magandang halimbawa ng katotohanan na si Pablo ay hindi tunatalakay ang lahat ng aspeto ng mga turo ng panginoon sa paghihiwalay, kundi sa isa lang. Ang mga sulat ni Pablo ay mga "kasulatan ng mga dahilan ng ipagkakasala." Binibigyang-pansin ni Pablo ang hindi mabuting teolohiya ng mga libertin at mga asetiko. Ang kalagayang ito ay pinapagpatuloy ang paraan ni Pablo na nagpapatibay ng ilan sa mga sinasabi ng mga huwad na guro o mga pangkat, ngunit nagpapakilala rin ng mga hangganan sa kanilang mga sawikain. Ang kalahating katotohanan ay napaka hirap itama. Lao na't

kung mayroong pag-abuso sa magkabilang panig ng paksa!

▣ **"na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa"** Tinutukoy na nito na sila pareho ay mananampalataya (cf. vv. 12-16). Ang mga kababaihan ay walang karapatang makipaghaiwalay sa Judaismo, ngunit maari sa lipunang Romano. Hindi dahil sa mayroong mga kultura na pumapayag o hindi pumapayag sa isang bagay, hindi dahilan iyon ng mga mananamplataya na magkaroon ng karapatan o gawin itong sanhi ng pagkakasala! Dahil kung kaya ng isa hindi ibig sabihin dapat niya itong gawin (cf. taga-Roma 14:1-15:13). Mayroong mga angkop na pangyayari kung saan ang paghihiwalay ay tila baga nararapat.

1. ang higit na mababa sa dalawang mali
2. ang pagkakasundo ay naging imposible na
3. pisikal na kapahanakan sa asawa at mga anak ay maari nang mangyari

Sa putong ito nais kong muling idiin ang kahalagahan sa bibliya ng mangako sa pangalan ng Diyos. Ang mga Kristiyanong kasal ay mga banal na panata! Ang Diyos, higit sa walang kaugnayan sa relihiyon na lipunan, ang nagpapanagot sa mga mananampalataya sa kung paano natin itinatrato ang Kanyang pangalan. Ang pag-aasawa ay sinadyang maging permanente. Ang pag-aasawa ay ang pamantayan, hindi ang kataliwasan. Sa taong 2002 ang kasalukuyang porsyento ng tradisyunal na tahanan sa Hilagang Amerika (i.e., asawang lalaki, asawang babae, at mga anak) ay bumaba na sa 23%! Nakikita niyo ba ang suliranin ng madaling paghihiwalay? Ang Pag-aasawa ay una sa lahat isang pangako sa Diyos, at sa isa pang tao. Ang matibay na tahanang Kristiyano ay maaring isa sa mga pinakamakapangyarihang saksing instrument sa ating panahon (higit na pareho sa sinaunang Roma).

**7:11 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na tumutukoy sa maaring mangyari. Nilagay ng NASB ang sugnay na ito sa loob ng panalong bilang isang hindi masyadong mahalagang puna. Ang PANAKALING PANGANO ay nagpapahiwatig n gang paghihiwalay ay nagaganap sa Kristiyanong komunidad.

▣ **"ang babae…ay manatiling walang asawa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang muling pag-aasawa sa Kristiyano ay isang mahirap na tanong. Ang Deuterenomio 24 ay isinulat ni Moises upang ipagkaloob ang muling pag-aasawa. Si Hesus ay sumagot, mulasa mga katanungan ng mga Pariseo, huwag kayong tumutok ng husto sa usapang ito. Ang isa ay maaring magsabi, ano naman ang sa Marcos 10:11-12. Ang suliranin ay ang ebanghelyong ito ay hindi isinama ang kataliwasang sugany ng tulad ng ginawa sa Mateo 5:32. Paano ba nauugnay ang kataliwasang sugnay sa muling pag-aasawa? Ang I Timoteo 5:14-15 ay kinakailangang palawigin sa ating panahon sa mas malawak na pangkat hindi lang "batang balo." Siguradong ang pag-aalala ng Diyos sa mga walang asawa na nais maikasal sa I taga-Corinto 7:9 ay maaring nauugnay din sa ating naguguluhang lipunan ngayon. Ang mga tao ay ginawa ng Diyos bilang mga sekswal na nilikha. Maliban kung mayroong kaloob ng hindi pag-asawa, at/o hustong edad ng pagpipigil sa sarili, maaring mayroong naangkop na pagpipiliang sekswal para sa mga taga-sunod ng Diyos; ang pakikiapid ay hinding-hindi kasama sa pagpipilian, ngunit ang muling pag-aasawa sa Kristiyano ay maaring tanggaping kapalit. Ang Pagpapala at Paghahayag ay kailangang parehong gamitin dito.

▣ **"o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS. Sa kultural na kalagayang ito, ang mga binigay na opsyon ni Pablo ay ang (1) hindi pag-aasawa o (2) pakikipagkasundo.

Ang talatang na ito ay ginamit bilang matibay at mabilis na pangkalahatang patakaran ng maraming modernong mananampalataya. Ang pakikipagkasundo ay palaging isang pag-asawa maliban kung ang muling pag-aasawa ng isa sa magpareho ay dumating. Sa ganoong sitwasyon ang ninanais na kalabasan ay hindi nangyayari (i.e., iyon ay ipinagbabawal sa OT).

Mahirap intindihin ang I taga-Corinto dahil

1. makikitang mayroong mga suliraning kultural, na ang moderno at kanluraning kultura ay hindi direktang hinaharap (i.e., pagkaing inaalay sa mga diyos-diyosan, birhing kapareho sa mga minitro, atbp.).
2. mayroong dalawang grupo ng uri ng pagkatao (i.e., mga asetiko o mga libertin) o mga teolohikong na pangkat. Ang mga salita ni Pablo ay isang pagsubok upang pagtibayin ang mga katotohanang kasali, ngunit binibigyan ng hangganan ang mga sobra (i.e., legalismong pandoktrina, huwag mag-asawa; walang patakarang kalayaan, kung masarap sa pakiramdam, gawin ito).

Walang kasiguraduhan kung ang mga kasukdulang ito ay sinasalamin ang mga (1) Hudyo/Hentil; (2) legalista/lbertin; (3) uri ng pagkatao; o (4) dalawang anyo ng Griyegong kaisipan (kalaunay nakita sa Nostikong mga pangkat). Ang pagkalito ay dumarating nun gang mga modernong tagapagsalin ay hindi alam kung

1. ano ang mga sawikain
2. ang pinaggalingan ng mga sawikain
    a. ang mga naunang turo ni Pablo
    b. Judaismo
    c. ang mga walang pakialam/nagsisimula pa lamang ng Nostiko

Ang parehong kasukdulan ay binabanggit ni Pablo! Ang mahirap ay ang pagpasiyahan kung aling mga salita ang para sa mga tunay na mananampalataya at aling ang para sa mga matuksong pangkat. Ang mga modernong tagapagsalin ay naririnig lamang ang nais ila marinig at sisumpa na ang mga hindi nila gusto! An gaming mga interpretasyon ay mas maraming sinasabi tungkol

sa aming teolohiya kaysa sa sulat ni Pablo sa isang Romanong siyudad sa unang dekada ng Achaia.

▣ **"at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa"** Tandaang ang kotekstong ito ay kumakausap sa mga mananampalatayang may asawa. Mayroong dalawang katliwasan sa NT sa mandating ito: (1) hindi naangkop sa sekswal na gawain (cf. Mateo 5:32, 19:9) at (2) hindi paniniwala (cf. vv. 12,13).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:12-16

**12 Datapuwa't sa iba, ay ako ang nagsasabi, hindi ang Panginoon: Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may asawang hindi sumasampalataya, at kung kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan. 13 At ang babaing may asawang hindi sumasampalataya, at kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa. 14 Sapagka't ang lalaking hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa, at ang babaing hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa: sa ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng kapintasan; nguni't ngayo'y mga banal. 15 Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Diyos. 16 Sapagka't paanong malalaman mo, Oh babae, kung maililigtas mo ang iyong asawa? o paanong malalaman mo, Oh lalake, kung maililigtas mo ang iyong asawa?**

**7:12 "sa iba"** Ito ay tumutukoy sa mga dating mag-asawa na paganong magkapreha na ang isa ay naging mananampalataya. Ito ay hindi maaring gamiting patunay para sa isang mananampalatayang nag-asawa ng pagano. Ito ay tumutukoy sa kalagayan kung saan pareho silang hindi mananampalataya. Ang isa ay tinanggap si Kristo, at inaasahan na pagdating ng panahon, gayundin ang isa (cf. v. 16).

▣

**NASB, NRSV "ako ang nagsasabi, hindi ang Panginoon"**
**NKJV "Ako, hindi ang Panginoon"**
**TEV "(Ako, aking sarili, hindi ang Panginoon)"**
**NJB "ang mga tagubiling ito ay sa akin, hindi sa Panginoon"**

Ito ay hindi isang pagtatuwa ng inspirasyon ni Pablo, kundi isang simpleng pagkilala na hindi alam ni Pablo ang tungkol sa mga turo ni Hesus sa partikular na paksang ito. Inihahayag ni Pablo ang kanyang paraan ng inspirasyon sa vv. 25 at 40 ng kabanatang ito.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Mayroong mga magkasamang mga tambalan sa Corinto. Ipinapakita nito ang parehong bias ng mga turo ni Pablo at ang hirap na kasama ng pagkakaroon ng asawang pagano.

▣ **"huwag niyang hiwalayan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, tulad ng tambalan sa v. 13.

**7:14**

**NASB, NKJV, NJB "Sapagka't ang lalaking hindi sumasampalataya ay nagiging banal"**
**NRSV "Sapagkat ang lalaking hindi sumasampalataya ay ginagawang banal"**
**TEV "Sapagkat ang lalaking hindi sumasampalatyaa ay tinatangaap ng Diyos"**

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG tulad ng paris na parirala sa v. 14. Hindi ito pinapahiwatig na ang asawang hindi sumasampalataya ay ligtas. Nauugnay ito sa alalahanin ng ilan sa Corinto na ang pagkakaroon ng asawang hindi mananamplataya ay kapantay ngg pagkakasala. Maaring narinig na nila ang turo ni Pablo tungkol sa isang laman (cf. 6:16-20). Ito ay marring maiugnay sa banal na impluwensiya ng mananampalatayang asawa sa pamilya. Hindi ito maaring iugnay sa posisyon ng hindi mananampalataya kay Kristo. Walang paraan upang mailigtas ang kaluluwa kung hindi mula sa personal na pananampalataya at pagsisisi kay Kristo. Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ang layunin ng mananampalatya para sa kanyang asawa (cf. v. 16).

▣

**NASB, NIV "ang babaing hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa"**
**NKJV, NRSV "ang babaing hindi sumasampalataya ay ginagawang banal ng kaniyang asawa"**
**NJB "ang babaing hindi sumasamaplataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kapatid"**
**REB "ang asawang babae sa kanyang Kristiyanong asawa"**

Mayroong iba't-ibang Griyegong manuskrito sa pariralang ito. Marami sa unang riyegong masukrito ay mayroong "ang kapatid" sa halip na "sumasampalatayang asawa" (cf. MSS $P^{46}$, $\aleph^*$, A, B, C, $D^*$, G, and P). Ang mga Griyegong sulat ay

pinalitan ito upang maging pantay sa kaparis na parirala (cf. MSS א^C, D^C, K, and L). Ang UBS[4] ay binigyan ang "kapatid" ng "A" (sigurado).

▣ **"sa ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng kapintasan; nguni't ngayo'y mga banal"** Nagkaroon na ng maraming interpretasyon sa pariralang ito; ito ay tumutukoy sa

1. pagkalehitimo ng mga anak (i.e., paraang legal)
2. seremonyal na kalinisan (i.e., paraang Hudyo)
3. ang hindi sumasampalatayang asawa ay nakakatanggap ng mga pagpapala ng isang Kristiyano sa loob ng tahanan (i.e., paraang ispirituwal)

Marami na ang sumbok na isalin ang talatang na ito na maiuugnay sa kauglaian ng pagsasagawa ng bautismo sa sanggol, ngunit ito ay malamang hindi mangyayari dahil ang relasyon ng sumasampalatya sa kanyang mga anak ay kaparis din ng kanyang relasyon sa kanyang hindi nananampalatayang asawa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Banal sa 3:17.

**7:15 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang pagkaKristiyano ay naging dahilan ng pagkasira ng ilang tahanan (cf. Mateo 10:34-36; Lucas :49-53).

▣

**NASB, NKJV "ay hindi natatali sa mga ganitong bagay"**
**NRSV "sa ganitong bagay ay kapatid na lalaki o babae ay hindi natatali"**
**TEV "Sa ganitong bagay, ang Kristiyano kapareho maaring ang asawang lalaki o babae, ay malayang kumilos"**
**NJB "Sa mga ganitong pangyayari ang kapatid na lalaki o babae ay hindi na nakatali"**

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng salitang "mang-alipin." Ipinapahiwatig nito na ang mga Kristiyano sa gantiong partikular na kultural na kalagayan ay maaring hindi apoyohan ang paghihiwalay, ngunit kapag ang kaparehong hindi sumasampalataya ay pumayag, ito ay maari.Ito ay wlang kaugnayan sa mga sumasamaplatyang nag-asaa ng hindi sumasamapalataya, ang pangyayaring ito ay tumutukoy sa dalawang ikinasal na hindi sumasampalataya kung saan ang isa ay lumipat. Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa paghihiwalay, hindi sa muling pag-aasawa (cf. v. 11), kahit na ang terminolohiya ni Pablo ay pareho sa "pagtatali at paghihiwalay" ng Batas ng Hudyo kung saan ag muling pag-aasawa ay ipinagpalagay na sumusunod sa Deuteronomio 24:1-4. Sinasabi ni James S. Jeffers, sa *The Greco-Roman World*, "ang salitang isinalin na 'paghihiwalay' sa I taga-Corinto 7:15 ay tumutukoy sa paghihiwalay ng mag-asawa dahil ang mga sinauna ay walang modernong legal na kosepto ng paghihiwalay" (p. 247).

Subalit, ang mga suliranin ng paghihiwalay ng mag-asawa ay naging malinaw na para kay Pablo sa mga turo ni Hesus (cf. Marcos 10:2-12). Itinataguyod ni Pablo ang "hindi pag-aasawa" doon sa mga hindi "nakatali" at muling pag-aasawa doon sa namatayan ng kanilang asawa!

▣ **"sa kapayapaan kayo tinawag ng Diyos"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay tumutukoy sa kapayapaan kasama ang Diyos kung saan tinatalakay ang kapayapaan ng mananampalataya at sa kanyang tahanan. Gusto ng Diyos na magkaroon ang Kaniyang mga anak ng masaya, puno ng pagmamahal at mayabong na tahanan. Ito ay madalas na imposible mangyari kung ang agresibo at hindi sumasampalataya at minsa'yisip-bata, makasarili at makasalanang Kristiyanong asawa! Ang kakulangan na ito ng kapayapaan ay ang pinaka dahilan kung bakit ang ilang mga "Kristiyanong" tahanan ay nasisira. Madalas ang isa ay mananampalataya, ngunit hindi pa lubusang naiintidihan ang kanyang ginagawa. Ang kapayapaan ay hindi palaging nariyan sa lahat ng tahanang "Kristiyano!" Hindi lang ako makapaniwala na itinataguyod ni Pablo ay pagsasama kahit na <u>ano</u> ang mangyari! Mayroong mga mapanganib na pisikal at emosyonal na sitwasyon. Ito ayhindi maaring maging matibay at mabilis na madatong pangkalahatan. Ito ay dapat isalin sa konteksto kasama ng iba pang mga teksto. Mahirap pagpantayin ang ating paggalang para sa mga Kasulatan at ang makasaysang, kultural na aspeto sa rebelasyon (i.e., ang Bibliya).

Ang teksto ng UBS[4] ay mas pinipili ang (gradong B) "ikaw" PANGMARAMIHAN, kung saan ito ay makikita sa MSS א*, A, C, K, sa halip na "tayo" (MSS P[46], א[2], B, D, F, G). Maraming iba't-ibang tekstong may kaugnayan sa MGA PANGHALIP.

**7:16 "o paanong malalaman mo, Oh lalake, kung maililigtas mo ang iyong asawa?"** Mayroong dalwang maaring interpretasyon dito kung saan sila ay magkasalungat.

1. ang sipi na ito ay sumusnod sa I Pedro 3:1-12 kung saan ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay isang makahulgang dahilan upang ipagpatuloy ang relasyong mag-asawa (cf. NRSV, TEV, NJB, NEB, NIV)
2. ang pag-aasawa ay hindi lamang para sa pagbabahagi ng ebanghelyo; ito ay para sa pagkakaroon ng kasama at karamay, samakatuwid, ang isang sumasampalatayang kapareha ay hindi dapat manatili kasama ang hindi sumasampalatayang kapareha sa kalagyan kung saan siya ay naabuso at hindi minamahal, para sa pag-asang ibahagi ang ebanghelyo (cf. talababa, salin ng Phillips, at LB)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:17-20

**17 Ayon nga lamang sa ipinamamahagi ng Panginoon sa bawa't isa, at ayon sa pagkatawag ng Diyos sa bawa't isa, ay**

**gayon siya lumakad. At gayon ang iniuutos ko sa lahat ng mga iglesiya. [18]Tinawag baga ang sinomang taong tuli na? huwag siyang maging di tuli. Tinawag baga ang sinomang di tuli? huwag siyang maging tuli. [19]Ang pagtutuli ay walang anoman, at ang di pagtutuli ay walang anoman; kundi ang pagtupad sa mga utos ng Diyos. [20]Bayaang ang bawa't isa'y manatili doon sa pagkatawag na itinawag sa kaniya.**

**7:17**
**NASB "Lamang"**
**NKJV "Ngunit"**
**NRSV "Subalit"**
**TEV - tinanggal-**
**NJB "Ayon nga"**
**NIV "Gayun pa man"**

Ipinapakilala nito ang pinalawak na pagpapahiwatig ng mga talakayan ni Pablo tungkol sa paksang sekswal. Ang salitang Griyego na *ei mē* ay maaring manghulugan na "maliban kung," "sa halip," o "ngunit."

▣
**NASB, NRSV "sa ipinamahagi ng Panginoon sa bawa't isa"**
**NKJV "na ipinamahagi ng Diyos sa bawat isa"**
**TEV "ang Kaloob ng Diyos sa iyo"**
**NJB "ang inilaan ng Diyos sa iyo"**

Ang pandiwang *merizō* ay nangangahulugang "paghiwalayan at ipamahagi." Ito ay ginamit sa Septuagint para sa paghahati ng Ipinangakong Lupa sa mga tribong Hudyo ni YHWH (cf. Exodo 15:9; Bilang 26:53,55,56; Deuteronomio 18:8), na kung saan ito ay talinghaga para sa mga tagasunod ng Diyos, gayundin sa sumunod PANDIWA, "pagkatawag." "Tinawag" ni YHWH ang Kanyang mga tagasunod at "tinawag" nila ang Kanyang pangalan. Sa kontekstong ito, ang parehong MGA PANDIWA ay tumutkoy sa espesyal na pagkakaloob ng Diyos (cf. 7:7), na nagpapahintulot sa kanyang mga tao na Siya ay paglingkuran (cf. 12:7,11). Anoman ang nangyayari sa buhay nila, kapag sila ay tinawag, niligtas, ang pinagkalooban, ngayon sila ay dapat maglingkod (i.e., "manatili bilang ikaw," vv. 8,17,20,24,26,40). Sumibol kung saan ka itinanim katulong ang Diyos at ilang kataliwasan.

▣
**NASB "ay gayon siya lumakad"**
**NKJV "kaya hayaan mo siyang lumakad"**
**NRSV "hayaang ang bawat isa sa inyo ang gumabay sa buhay"**
**TEV "ipagpatuloy ang pamumuhay"**
**NJB "let everyone continue in the part"**

Ito ay literal na "lumakad" (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS), na isang biblical na talinghaga para sa pamumuhay (cf. taga-Efeso 2:2,10; 4:1,17; 5:2,15; taga-Colosas 1:10; 2:6). Ipinaliwanag ni Pablo ang kanyang ibig sabihin sa vv. 18-20.

▣ **"At gayon ang iniuutos ko sa lahat ng mga iglesiya"** Ang pariralang ito ay madalas ulitin sa I taga-Corinto (cf. 4:17; 7:17; 11:16; 14:33; 16:1). Iniisip ng simbahang Corinto ang mga sarili nila bilang "espesyal," "natatangi," at "may naiibang kaloob." Sinasalungat ni Pablo ang ganitong pagmamataas sa pamamagitan ng paghahayag na pare-pareho ang kanyang tinutturo sa lahat ng kanyang iglesiya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesia at 1:2.

**7:18**
**NASB "huwag siyang maging tuli"**
**NKJV "Hayaan siyang huwag maging tuli"**
**TEV "huwag niya dapat subukang tanggalin ang marka ng tuli"**
**NJB "Kung ang lalaki ay tinawag ay natuli na, dapat siya ay manatiling tuli"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS (ang kaparis sa 7:18b ay isa ring PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS). Ito ay tumutukoy sa isa na nagpa-opera upang tanggalin ang marka ng pagtutuli (cf. I Maccabees 1:15 at Josephus' *Antiq*. 12.5.1).

**7:19 "Ang pagtutuli ay walang anoman, at ang di pagtutuli ay walang anoman"** Ipinapakita ditto ang pananaw ni Pablo ng mga ritwal at patakaran sa OT (cf. Mga Gawa 15; taga-Roma 2:28,29; taga-Galacia 5:6; 6:15; tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:9). Ito ang pinaka paksang pinag-usapan sa Konseho ng Jerusalem ng Mga Gawa 15 at pinagsamantalahan ng mga Judaizer sa mga iglesiya ng Galatia. Ang teolohiya ni Pablo sa puntong ito ay napaka linaw. Hindi kailangang gumawa ng mga Hentil ng mga seremonya, ritwal o makakultong gawain ng mga Hudyo. Naniniwalang ang mga Hudyo ay hindi dapat matuwa o mahiya

sa mga gawain ng samahan sa OT na sinalihan nila noon. Ang tunay na pagtutuli ay ang sa puso. (cf. 10:16; Deuteronomio 30:6; Jeremias 4:4), hindi ang katawan, at tumatalakay ito sa "natuling" tainga (cf. Jeremias 6:10) to hear God and lips (cf. Exodo 6:12,30) upang wiakin ang Kanyang mensahe, ang Kanyang bagong mensahe kay Kristo (cf. Jeremias 9:25,26).

▣ **"kundi ang pagtupad sa mga utos ng Diyos"** Ito ang pagdiin ng mga propeta sa OT na ang pagsunod ay mas mahalaga kaysa sa mga ritwal (cf. I Samuel 15:22; Isaias 1:11-17; Oseas 6:6; Amos 5:21-27; Mikas 6:6-8). Tinitingnan ng Diyos an gating pag-uugali at motibo bago Niya tingnan an gating mga ginagawa. Lahat ng pakikiharap ng Diyos sa mga makasalanang tao, sa OT at NT, ay nakabase sa nasa tipan. Ang pagsunod ay napakamahalaga (cf. Lucas 6:46), ngunit ang aspeto ng mga tiyak na pangangailan ng tipan ay nagbago na sa lumipas na panahon.

**7:20 "bawa't isa'y manatili doon sa pagkatawag na itinawag sa kaniya"** Ang NKJV ay mas literal at pinapanatili ang paglalaro sa salita "bayaang ang bawat isa ay manitili sa pagtawag sa kanila kung saan siya ay tinawag" (cf. taga-Efeso 4:1,4). Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ang patuloy na tema ni Pablo sa buong konteksto (vv. 8,17,20,24, 26,40). Ang salitang "tinawag" ay tumutukoy noong tinaggap nila si Kristo (cf. 1:20). Tingnan ang Natatanging Paksa: Tinawag sa 1:1.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:21-24

**21Ikaw baga'y alipin ng ikaw ay tinawag? huwag kang magalaala: kung maaaring ikaw ay maging malaya, ay pagsikapan mo ng maging laya. 22Sapagka't ang tinawag sa Panginoon nang siya'y alipin, ay malaya sa Panginoon: gayon din naman ang tinawag nang siya'y malaya, ay alipin ni Kristo. 23Sa halaga kayo'y binili; huwag kayong maging mga alipin ng mga tao. 24Mga kapatid, bayaang ang bawa't isa'y manatili sa Diyos sa kalagayang itinawag sa kaniya.**

**7:21 "alipin"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣

**NASB** **"kung maaaring ikaw ay maging malaya, ay pagsikapan mo ng maging laya"**
**NKJV** **"ngunit kung ikaw ay maaring maging Malaya, mabuti nang gamitin ito"**
**NRSV** **"kahit na makukuha mo ang iyong kalayaan, gamitin mo ang kasalukuyan mong kalayaan higit ngayon"**
**TEV** **"ngunit kung iaw ay may pagkakataong maging Malaya, gamitin mo ito"**
**NJB** **"kahit na ikaw ay may pag-asang lumaya, dapat ay piliin mong gamitin ng husto ang iyong kalagayan bilang alipin"**

Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, ang ibang mga alipin ay mayroong pag-asang lumaya, na sinundan ng isang AORIST NA PANGGITNA PAUTOS, "gawin mo!" Mayroong dalawang maaring interpretasyon.

1. na ang isang alipin ay dapat manitili sa lugar kung saan siya tinawag, vv. 20,24
2. na kapag siya ang may pagkakataon na maging Malaya, dapat niyang gamitin ng husto ang pagkakataong ito (cf. NASB, TEV, JB)

Ito ay umaakma sa kagyat na konteksto sa kalayaan ng (1) walang asawa to mag-asawa, vv. 9at 28 (cf. NRSV, NJB) at (2) ang hindi sumasampalatyang kapareha ay iiwan ang hindi sumasampalataayng kapareha, v. 15. Ito ang personal na payo ni Pablo <u>at</u> ang pinili ng isang mananampalataya ng magkasama. Lahat ng mananampalatya ay naghihirap sa mga ganitong "malabong pook." Kapag ang Panginoon o Kasulatan ay hindi malinaw na natalakay ang isang paksa, ang mga mananampalataya ay binigyan ng "banal na kakayahang sumunod"! Sa ilang banda ang "isang sukat" ay hindi kasya sa lahat!

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAALALA NI PABLO SA MGA ALIPIN

1. Makuntento, kung magkaroon ng pagkakataong lumaya, kunin ito (I taga-Corinto 7:21-24)
2. Kay Kristo, walang alipin o malaya (taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11; cf. I taga-Corinto 12:13)
3. Magtrabaho para sa Panginoon; Siya ay magbabayad (taga-Efeso 6:5-9; taga-Colosas 3:22-25; cf. I Pedro 2:18-20)
4. Kay Kristo ang mga alipin ay nagiging kapatid (I Timoteo 6:2; Filemon vv. 16-17)
5. Ang banal na mga alipin ay ikinilulugod ng Diyos (I Timoteo 6:1; Tito 2:9)

**Pagpapaalala ni Pablo sa mga may-ari ng alipin:**

Ang mga Kristiyanong alipin at may-ari ng mga alipin ay pay parehong Panginoon; samakatuwid, dapat nilang ituring ang isa't-isa ng may paggalang (taga-Efeso 6:9; taga-Colosas 4:1).

**7:22-23** Sa Panginoon lahat ng mananampalataya ay Malaya; sa Panginoon lahat ng mananampalataya ay mga taga-sunod (cf. 8:1-10:33; taga-Roma 14:1-15:13). Si Hesus, gumaganap bilang ating *goēel*, ay binili tayo mula sa pagkaalipin natin sa kasalanan at sarili. Ngayon tayo ay naglilingkod sa Kanya (cf. 6:20; 7:23; taga-Roma 6; taga-Colosas 2:16-23).

**7:23 "huwag kayong maging mga alipin ng mga ta"** Ang salitang Griyego ay isang nabagong wika. Minsan ang anyo ay

maaring magkaroon ng dalawang posibleng kahulugan. Ang PAUTOS ay maaring
1. PANGKASALUKUYANG PANGGITNA, “huwag hayaan ang sarili niyong maging alipin ng tao”
2. PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK, “huwag magpaalipin sa tao”)

Ang dalawa ay parehong angkop sa konteksto. Ang mga pangkat sa iglesiya ng Corinto ay sinusubukang kontrolin ang mga mananampalataya, Nangyayari parin ito ngayon. Dapat ay magkaroon ng kalayaan sa loob ng limitasyon, hindi para magsarili at magkasala, kundi para kay Kristo (cf. taga-Roma 6 and 14); ang kalayaan sa pagpili ng pamumuhay ang isang indibidwal kung paano niya mapaglilingkuran ang Diyos ay pinapatnubayan ng pagkakaloob ng Diyos at ng mga kasalukuyang pangyayari.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:25-31

**[25] Ngayon, tungkol sa mga dalaga ay wala akong utos ng Panginoon: nguni't ibinibigay ko ang aking pasiya, na
tulad sa nagkamit ng habag ng Panginoon upang mapagkatiwalaan. [26]Inaakala ko ngang mabuti ito dahil sa
kasalukuyang kahapisan, sa makatuwid baga'y mabuti ngang ang tao'y manatili ng ayon sa kaniyang kalagayan.
[27]Natatali ka ba sa asawa? huwag mong pagsikapang ikaw ay makakalag. Ikaw baga'y kalag sa asawa? huwag kang
humanap ng asawa. [28]Nguni't kung ikaw ay magasawa, ay hindi ka nagkakasala; at kung ang isang dalaga ay
magasawa, ay hindi siya nagkakasala. Datapuwa't ang mga gayon ay magkakaroon ng kahirapan sa laman: at ibig ko
sanang kayo'y iligtas. [29]Nguni't sinasabi ko ito, mga kapatid, ang panahon ay pinaikli, upang mula ngayon ang mga
lalaking may asawa ay maging mga tulad sa wala; [30]At ang mga nagsisiiyak, ay maging tulad sa mga hindi nagsisiiyak;
at ang nangagagalak, ay maging tulad sa hindi nangagagalak; at ang mga nagsisibili, ay maging tulad sa mga walang
inaari; [31]At ang mga nagsisigamit ng sanglibutan, ay maging tulad sa hindi nangagpapakalabis ng paggamit: sapagka't
ang kaasalan ng sanglibutang ito ay lumilipas.**

**7:25 “Ngayon, tungkol sa”** Ito ay isang tekstuwal na pananda na nagpapakita na si Pablo ay pumupunta sa isa pang nakasulat na tanong na natanggap niya mula sa iglesiya sa Corinto (cf. 7:1,25; ;8:1; 12:1; 16:1,12).

| | |
|---|---|
| **NASB,NKJV,NRSV, NIV** | **“mga birhen”** |
| **TEV** | **“mga taong walang asawa”** |
| **NJB** | **“mga taong nananatiling birhen”** |

Ang pangunahing tanong tungkol sa salitang ito ay kung paano ito ginamit sa v. 25 ito ay may kaugnayan sa pagkakagamit nito sa v. 36 (tingnan ang tala sa v. 36). Ang konteksto ng vv. 25-35 ay tila nauugnay sa pagwala ng asawa laban sa pag-aasawa bilang ang pinapanigang estado sa kasalukuyang pangyayari, na maaring tumukoy sa
1. Ang nalalapit na Ikalawang Pagbabalik
2. Panggobyernong pag-uusig
3. Malawakang taggutom
4. Ang layunin ng isang tao upang paglingkuran si Kristo

**“wala akong utos ng Panginoon: nguni't ibinibigay ko ang aking pasiya”** Ang ilan ay sinubukan na gamitin ang mga pahayag ni Pablo sa vv. 6 at 25 upang ibaba ang kanyang awtoridad bilang isang Apostol o gawin itong pagtatatuwa ng inspirasyon. Ito ay parehong hindi. Ito ay isang pansalitaing paraan upang aminin na hindi niya alam kung talagang tinalakay ito ni Hesus. Ang talatang na 25 at 40 ay nagpapakita na snarmadaman ni Pablo ang kanyang pagiging apostol at ang tawag sa kanya ang nagbigay sa knyan ng awtoridad na talakayin ang mga paksang umangat sa buhay ng mga unang simbahang Hentil.

**“na tulad sa nagkamit ng habag ng Panginoon upang mapagkatiwalaan”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay isang pansalitaing paraan ng pagsaysay ng kanyang awtoridad bilang apostol at ang kanyang kabatirang ginagabayan ng Espiritu.

**7:26**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, TEV** | **“kasalukuyang kahapisan”** |
| **NRSV** | **“ang nalalapit na suliranin”** |
| **NJB** | **“dahil sa kahapisang paparating sa atin”** |

Ito ay isinalin sa maraming paraan, ngunit napakahalaga na makita n gang karamihan sa mga pahayag sa ika-7 kabanata ay hindi pangkalahatang mga prinsipyo, kundi ang mga reaksyon ni Pablo sa lokal, at pansamantalang mga kalagyan. Ang iba ay nakita ang pariralang ito na tumutukoy sa
1. suliranin ng kulturang pagano
2. tiyak na lokal na sitwasyon ng Corinto
3. tag-gutom sa buong pook ng Mediteraneo
4. ang nalalpit ng Ikalawang Pagbabalik (cf. v. 29)

▣ **"mabuti ngang ang tao'y manatili ng ayon sa kaniyang kalagayan"** Mayroong paglalaro sa salitang "mabuti" (cf. 7:1,18,26), na ang ibig sabihin ay "magaling." Ang patuloy na temang "manitili sa kondisyon tulad noong kayo ay naligtas" (cf. vv. 8,12-13,18,21,24,26,27,37,40) ay ang teolohikong na pamantayan ni Pablo sa sulat na ito.

**7:27 "Natatali ka ba sa asawa?"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG mula sa salitang *dēo*, na ang ibig sabihin ay itali o magbigkis. Ito ay ginamit sa matalinghagang paraan para sa pag-aasawa (cf. 7:27,39; taga-Roma 7:2). Mayroon itong katumbas na parirala sa parehong talatang, na isa ring GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, "Napakawalan ka na ba sa isang asawa?" Nais ni Pablo na manatili ang kanyang mga tagapakinig sa kung ano sila.

▣ **"huwag mong pagsikapang ikaw ay makakalag… huwag kang humanap ng asawa"** Ito ay parehong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS kasama ang SALUNGAT NA KATAGA, na madalas ay nangangahulugang itigl ang kilos na kasalukuyang nangyayari. Dito ulit ang isa ay magtataka kung ang pareho bang pangkat ay nagtataguyod ng magkaibang porma ng pamilya (hindi pag-aasawa, pag-aasawa, kawalan ng delikadesa) o ang layunin ni Pablo ay pinakamataas na paglilingkod kay Kristo. Ito ay patuloy na paksa. Tila ba ay nagsasaysay si Pablo na

1. lahat ay dapat manatili kung ano sila
2. kung walang asawa, pagbutihan ang paglilingkod kay Kristo
3. kung magkaroon ng nais na mag-asawa, walang suliranin, ngunti gamitin ang pag-aaawa upang maglingkod kay Kristo!

Ang mga mananampalataya ay nananatiling walang asawa upang maglingkod, mag-asawa upang maglingkod, mamuhay sa pag-uusig upang maglingkod, mamuhay sa kalayaan upang maglingkod, mamuhay na may matibay na paniniwalang teolohikong upang maglingkod! Niligtas ang mga mananampalataya upang maglingkod!

**7:28 "kung. . .kung"** Ito ay parehong PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ang ibig sabihin ay maaring mangyari.

▣ **"hindi ka nagkakasala"** Tinatalakay ni Pablo ang isang kakaibang sitwasyon, hindi siya gumagawa ng pangkalahatang mga pahayag. Ang pag-aasawa ay isang pamanatayng binigay ng Diyos (cf. Genesis 1:28).

▣ **"kung ikaw.. kung ang isang dalaga"** Ang tanong ay kung sino ang tinutukoy ng mga ito? Ang una ay maiuugnay sa v. 27. Kung gayon, ito ay tumutukoy sa muling pag-aasawa. Ang pangalwa ay maiuugnay sa v. 25, doon sa mga hindi nag-asawa. Ang parehong kategorya ay nabanggit muli sa v. 34.

▣ **"Datapuwa't ang mga gayon ay magkakaroon ng kahirapan sa laman: at ibig ko sanang kayo'y iligtas"** Hindi ito maiuugnay sa pag-aasawa sa pangkalahatan, ngunit sa kasalukuyang suliranin (cf. v. 26). Ang mga talatang na 32-34 ay tinalakay ang pag-aasawa bilang isang pangkalahatang prinsipiyo.

▣ **"kahirapan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Masaklap na karanasan sa II taga-Corinto 1:4.

▣ **"sa laman"** Ito ay literal na "laman." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26.

**7:29 "ang panahon ay pinaikli"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PAIKOT-IKOT. Nagkaroon ng ilang salin sa pariralang ito; tila baa yon sa konteksto ito ay maiuugnay sa v. 26 ("ang kasalukuyang kahapisan"). Pinaniniwalaan ni Calvin na tinutukoy nito ang kailian ng buhay ng tao; ang iba na kapareho niya ay naniniwala na tumutukoy ito kaiklian ng pagkakataon n gating paglilingkod bilang Kristiyano. Naniniwala ako na tinutukoy nito ang Ikalawang Pagbabalik (cf. v. 31; taga-Roma 13:11-12).

Inasahan ba ni Pablo ang nalalapit na pagbalik ni Hesus o isang naantalang pagbabalik? Mayroong teksto sa parehong panig. Sa tingin ko'y hindi nagbago (o yumabong) ang teolohiya ni Pablo. Sa isa sa kanyang mga unang sulat siya ay nangangaral ng naantalang Ikalawang Pagbabalik (cf. II taga-Thesalonica 2). Si Pablo (tulad ng lahat ng manunulat sa NT) ay ginamit ang pag-asa ng tiyak na pagbabalik ngPanginoon bilang isang pampasigla sa pamumuhay ng banal at masugid na paglilingkod. Ang pagbabalik ni Kristo ay ang inaasahan ng bawat henerasyon ng mga mananampalataya, ngunit ito ay kaotothanan ng isa lamang! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:14.

Para sa isang kawili-wiling talakayan ukol sa Katapusan ng Muno at mga puna ni Pablo sa vv. 26,28,29, tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp. 593-595.

**7:29-30 "sa mga"** Ang mga paris na pariralang ito ay naglalarawan ng karaniwang pang-araw-araw na buhay ng tao. Ang mga mananampalataya at dapat manatiling nakatuon sa kanilang mga paglilingkod na gawain, ayon sa kanilang mga ispiritwal na kaloob (cf. vv. 32,35).

Ang mga mananampalataya ay mamamayan ng dalawang lupain, ang ispirituwal at pisikal o ang iglesiya at ang mundo.

Ang pisikal ay hindi masama ngunit madaling mawala. Ang mga mananampalataya ay dapat may kaisipang maglingkod, at may kaalaman sa ebanghelyo. Ginagamit natin ang mundo at ang kanyang kayamanan upang paglingkuran ang Kaharian. Kung hindi, ang mga pisikal na bagay, o makamundong bagay, ang gagamit sa atin!

Huwag hayaang ang pag-aasawa bilang pagpapalaya sa mga ispirituwal na mga prayoridad. Mamuhay sa dalawang mundo ng may banal na kaalaman.

**7:30 "ay maging tulad sa mga walang inaari"** Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: KAYAMANAN

I. Pananaw ng Lumang Tipan sa kabuuan
   A. Diyos ay ang may-ari ng lahat ng bagay
      1. Genesis 1-2
      2. I Cronica 29:11
      3. Awit 24:1; 50:12; 89:11
      4. Isaias 66:2
   B. Ang mga tao ay katiwala sa kayamanan para sa mga layunin ng Diyos
      1. Deutronomio 8:11-20
      2. Levitico19:9-18
      3. Job 31:16-33
      4. Isaias 58:6-10
   C. Kayamanan ay isang bahagi ng pagsamba
      1. ang dalawang mga ikapu
         a. Bilang 18:21-29; Deutronomio 12:6-7; 14:22-27
         b. Deutronomio 14:28-29; 26:12-15
      2. Kawikaan 3:9
   D. Kayamanan ay nakikita bilang isang kaloob mula sa Diyos para sa tipanang katapatan
      1. Deutronomio 27-28
      2. Kawikaan 3:10; 8:20-21; 10:22; 15:6
   E. Babala laban sa kayamanan sa kapakanan ng iba
      1. Kawikaan 21:6
      2. Jeremias 5:26-29
      3. Oseas 12:6-8
      4. Micas 6:9-12
   F. Kayamanan ay hindi makasalanan sa kanyang sarili maliban na lang sa pagiging-una nito
      1. Awit 52:7; 62:10; 73:3-9
      2. Kawikaan 11:28; 23:4-5; 27:24; 28:20-22
      3. Job 31:24-28

II. Natatanging Pananaw ng Kawikaan
   A. Kayamanan inilagay sa larangan ng personal na pagsasagawa
      1. kakuparan at katamaran ay ipinagbabawal—Kawikaan 6:6-11; 10:4-5,26; 12:24,27; 13:4; 15:19; 18:9; 19:15,24; 20:4, 13; 21:25; 22:13; 24:30-34; 26:13-16
      2. ang kasipagan ay itinataguyod—Kawikaan 12:11,14; 13:11
   B. Kahirapan laban sa kayamanan ay ginamit upang ilarawan ang katuwiran laban sa kasamaan—Kawikaan 10:1ff; 11:27-28; 13:7; 15:16-17; 28:6,19-20
   C. Karunungan (pagkilala sa Diyos at sa Kanyang Salita at pamumuhay sa kaalamang ito) ay mas mainam kaysa sa mga kayamanan—Kawikaan 3:13-15; 8:9-11,18- 21; 13:18
   D. Mga babala at paalala
      1. mga babala
         a. mag-ingat sa paggagarantiya sa utang ng kapitbahay (garantya)—Kawikaan 6:1-5; 11:15; 17:18; 20:16; 22:26-27; 27:13
         b. mag-ingat sa pagiging mayaman sa pamamagitan ng masamang paraan—Kawikaan 1:19; 10:2,15; 11:1; 13:11; 16:11; 20:10,23; 21:6; 22:16,22; 28:8
         c. mag-ingat sa pangungutang—Kawikaan 22:7
         e. kayamanan ay hindi makakatulong sa araw ng paghuhukom—Kawikaan 11:4
         f. kayamanan ay may maraming mga "kaibigan"—Kawikaan 14:20; 19:4
      2. pagpapaalala
         a. ang pagiging mapagbigay ay itinataguyod—Kawikaan 11:24-26; 14:31; 17:5; 19:17; 22:9,22-23; 23:10-

11; 28:27

b. katuwiran higit sa kayamanan—Kawikaan 16:8; 28:6,8,20-22

c. panalangin para sa pangangailangan, hindi para sa kasaganaan—Kawikaan 30:7-9

d. pagbibigay sa mahihirap ay pagbibigay sa Diyos—Kawikaan 14:31

III. Pananaw ng Bagong Tipan

A. Hesus

1. kayamanan ay nagbubuo ng natatanging pagtutukso na magtiwala sa ating mga sarili at sa ating mga kayamanan sa halip na sa Diyos at sa Kanyang mga ari-ariaan

a. Mateo 6:24; 13:22; 19:23

b. Marcos 10:23-31

c. Lucas 12:15-21,33-34

d. Pahayag 3:17-19

2. Diyos ay magtutustos sa ating pisikal na mga pangangailangan

a. Mateo 6:19-34

b. Lucas 12:29-32

3. ang pagtatanim ay may-kaugnayan sa pag-aani (espiritwal gayundin sa pisikal)

a. Marcos 4:24

b. Lucas 6:36-38

c. Mateo 6:14; 18:35

4. Pagsisisi ay nakakaapekto sa kayamanan

a. Lucas 19:2-10

b. Levitico5:16

5. ekonomik na paglulustay ay kinokundina

a. Mateo 23:25

b. Marcos 12:38-40

6. pangwakas-na panahon na paghahatol ay may kaugnayan sa ating paggamit ng kayamanan—Mateo 25:31-46

B. Pablo

1. praktikal na pananaw gaya ng sa Kawikaan (trabaho)

a. taga-Efeso 4:28

b. I taga-Thesalonica 4:11-12

c. II taga-Thesalonica 3:8,11-12

d. I Timoteo 5:8

2. espiritwal na pananaw gaya ng kay Hesus (mga bagay ay nawawala, maging kontento)

a. I Timoteo 6:6-10 (kapanatagan)

b. taga-Filipos 4:11-12 (kapanatagan)

c. Hebreo 13:5 (kapanatagan)

d. I Timoteo 6:17-19 (pagkamapagbigay at pagtitiwala sa Diyos, hindi sa kayamanan)

e. I taga-Corinto 7:30-31 (transpormasyon ng mga bagay)

IV. Mga konklusyon

A. Walang sistimatikong biblikal na teolohiya patungkol sa kayamanan.

B. Walang naglalarawan na sipi sa paksang ito, Samakatuwid, ang mga kabatiran ay dapat na kumuha mula sa ibat-ibang mga sipi. Mag-ingat na huwag basahin ang iyong mga pananaw sa nag-iisang mga teksto.

C. Kawikaan, na isinulat ng mga marurunong na mga tao (mga maalam), ay may kakaibang perspektibo kaysa sa ibang mga tipo ng biblikal

D. Ang ating panahon ay nangangailangan ng pagsusuri ang mga pananaw nito at ang mga kasanayan patungkol sa kayamanan ayon sa Bibliya. Ang ating mga priyoridad ay nailagay sa mali kung ang kapitalismo o komunismo ang ating tanging gabay. Bakit at paano ang isa ay magiging matagumpay ay mas higit mahalagang mga katanungan kaysa sa kung gaaano ang kanyang naimpok.

E. Ang pagtitipon ng kayamanan ay dapat na timbangin ng tunay na pagsamba at pananagutan ng pagiging katiwala (cf. II Corinto 8-9).

**7:31 "sapagka't ang kaasalan ng sanglibutang ito ay lumilipas"** Ang mga propeta sa OT (lalo na sa Isaias 56-66) ay naghahayag ng isang bagong langit at isang bagong mundo. Ang bagong panahon ay magiging katulad ng luma, ngunit dinalisay, tinubos (cf. II Pedro 3:10-13). Ang langit ay magiging isang binagong anyong hardin ng Eden—Diyos, sangkatauhan, at mga hayop—ganap na pakikipag-ugnayan at kaayusan ay napanumbalik; Genesis 1-2 ay kaagapay ng Pahayag 21-22.

Ang bawat henerasyon ng mga mananamplataya ay nakakaranas ng pagdaan ng utos ng mundong ito (i.e., *schēma*) habang sila ay yumayabong sa pagiging banal. Habang nakikita natin si Kristo sa palinaw na palinaw na paraan, ang mga

bagay sa buhay na ito ay palabo nang palabo. Tayo ay nasa mundo, ngunit hindi sa mundo. Ginagamit natin ang mga bagay sa mundong ito para sa pangebanghelyong kagamitan, hindi para sa personal na kagustuhan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:32-35

**[32]Datapuwa't ang ibig ko ay mawalan kayo ng kabalisahan. Ang walang asawa ay nagsusumakit sa mga bagay ng Panginoon, kung paanong makalulugod sa Panginoon: [33]Nguni't ang may asawa ay nagsusumakit sa mga bagay ng sanglibutan, kung paanong makalulugod sa kaniyang asawa, [34]At nagkakabahagi ang isipan. Gayon din naman ang babaing walang asawa at ang dalaga, ay nagsusumakit sa mga bagay ng Panginoon, upang siya'y maging banal sa katawan at sa espiritu man; nguni't ang babaing may asawa ay nagsusumakit sa mga bagay ng sanglibutan, kung paanong makalulugod sa kaniyang asawa. [35]At ito'y sinasabi ko sa inyong sariling kapakinabangan; hindi upang alisin ko ang inyong kalayaan, kundi dahil sa bagay na nararapat, at upang kayo'y makapaglingkod sa Panginoon nang walang abala.**

**7:32-34** Inilalarawan nito ang parehong pangako ng mag-asawa sa isa't-isa bilang "isang laman" (cf. taga-Efeso 5:24-31). Ito ay hindi masama, ito ay ginamit upang ilarawan ang ugnayan sa pagitan ni Kristo at ng Kanyang iglesiya. Makikita naman na ang mga taong walang asawa ay makapaglalaan ng mas maraming lakas at oras upang maglingkod.

Ang inaalala ni Pablo sa buong konteksto ay ang kakayahan na maging aktibong mananampalataya na walang inaalala. Ginagamit ni Pablo ang salitang *merimnaō*, ng apat na beses sa dalawang talatang. Ang salitang ito ay maaring tumukoy sa mga walang kabuluhang alalahanin (cf. Mateo 10:19; Lucas 12:25) o tunay na alalahanin (cf. II taga-Corinto 11:28; I Pedro 5:7). Sa kontekstong ito ito ay tumutkoy sa mga karaniwang pangyayari sa buhay mag-asawa na maaring akihati sa oras at lakas na kailangang gamitn nggisa para sa Panginoon. Maarin rin itong maiugnay sa kakaibang bigat ng pagiging mamanampalataya sa lipunang pagano (cf. v. 26).

Nais ni Pablo ang mga mananampalataya na (1) maging masigla para kay Kristo at (2) mamuhay ng mapayapa at may kaluguran. Ang dalawa ay parehong maaring magawa, ngunit mahirap.

**7:34 "ang babaing walang asawa at ang dalaga"** Tinutukoy ni Pablo ang dalawang uri ng hindi ikinasal na Kristiyanong babae:

1. Ang isa ay mas matanda, ang isa ay mas bata
2. Ang una ay dating may asawa (i.e., babaing balo) at ang ikalawa ay hindi nag-asawa
3. Ang ikalawa ay mariing tumukoy sa natatanging pangkat ng hindi nag-asawang mga babae o mga katuwang sa ministeryo (cf. vv. 36-38)

▣ **"upang siya'y maging banal sa katawan at sa espiritu man"** Ito ay hindi isang naghahamak na puna tungkol sa sekswalidad ng tao na masama. Ito ay kung paano isinalin ang mga turo ni Pablo ng mga naimpluwensiyhan ng kulturang Griyego (i.e., Stoics, Gnostics, etc.). Ang punto niya ay ang mga taong nakatuon sa Panginoon ay maaring gamitin ang kanilang oras, lakas at mga kayamanan sa mga ispirituwal na bagay, kung saan yung mga mag-asawa ay dapat ding alalahanin ang mga suliranin sa pamilya at mga pananagutan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Banal sa 3:17.

## NATATANGING PAKSA: KATAWAN AT ESPIRITU

Ang katawan at espiritu ay hindi ang pagiging dalawang hiwalay na bahagi sa sangkatuahan, kundi isang pandalawahang ugnayan dito sa mundo at sa Diyos. Ang salitang Hebreo na *nephesh* (i.e., kaluluwa) ay parehong ginamit sa sangkatauhan at mga hayp sa Genesis, samantalang ang "espiritu" (*ruah*) ay ginamit ng para lamang sa tao. Ito ay <u>hindi</u> isang patunay na teksto sa kaliksan ng tao bilang dalawang bahagi (paghihiwalay sa dalawang bahagi, cf. I taga-Corinto 7:34; Hebreo 4:12) o tatlong bahagi (paghihiwalay sa tatlong bahagi) na nilalang (cf. I taga-Thesalonica 5:23). Ang sangkatauhan ay una sa lahat, kumakatawan sa BIbliya bilang pagkakaisa (cf. Genesis 2:7; II taga-Corinto 7:1). Para sa magandang buod ng mga teorya ng sangkatauhan bilang tatluhang bahagi, dalawang bahagi, o isang pagkakaisa, tingnan ang Millard J. Erickson's *Christian Theology* (ikalawang edisyon), pp. 538-557 at ang Frank Stagg, *Polarities of Man's Existence in Biblical Perspective*.

**7:35 "hindi upang alisin ko ang inyong kalayaan"** Ang katagang ito ay ginagamit ng isang suga ng hayop.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kundi dahil sa bagay na nararapat, at upang kayo'y makapaglingkod sa Panginoon nang walang abala"** |
| **NKJV** | **"kundi para sa kung ano ang nararapat, at nang kayo ay makapaglingkod sa Panginoo ng walang abala"** |
| **NRSV** | **"kundi magtaguyod ng nararapat at walang abalang debosyon sa Panginoon"** |
| **TEV** | **"Sa halip, nais kung gawin ninyo kung ano ang tama at nararapat, at ibigay ang buong sarili ng ganap para sa paglilingkod sa Panginoon ng walang abala"** |

**NJB** **"kundi upang ang lahat ay manatili kung ano ito, at maari mong maibigay ang walang kahating pansin mo sa Panginoon"**

Ang Griyegong parirala ay napaka ikli. Ang dalawang susing salita ay

1. *euschēma*, isang tamabalan mula sa "mabuti" at "anyo." Ipinapahiwatig nito na kung ano ang nararapat, kasiya-siya at naangkop (cf. 12:23- 24; 14:40; taga-Roma 13:13)ay pareho ang ibig sabihin sa *kalos* sa vv. 1,8,26.
2. *aperispastōs*, isang UNALAPING A- na may kasamang salita na panlalik at sa gayon nawalan ito ng pinagtutuunan

Nais ni Pablo na lahat ng mananampalataya ay bigyang-tuon ang mga suliranin sa Kaharian, sa ministeryo! Ako ay sumasang-ayon ditto. Ang "suliranin" ko sa kontekstong ito ay ang tila pamumura ng pag-aasawa bilang isang kapantay na ministeryo sa hindi pag-aasawa. Itinatag ng Diyos ang pag-aasawa; ito ang pamantayan. Ako ay mas malakas at isang mistro ng dahil sa pag-aasawa. Ang kabanatang ito ay ginamit at inabuso ng mga legalista at mga asetiko. Ang layunin ay nakatuong ministeryo, hindi isang pandoktrinang batas kung mag-aasawa o mananatiling walang asaw. Si Pablo ay mayroong pangunahing mga layunin ginagabayan ng Espiritu, ngunit ang ma ito ay hindi maaring gawing pangkalahatang prinsipyo na tinatanggi ang ibang pinukaw na mga teksto.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:36-38

**[36]Nguni't kung iniisip ng sinomang lalake na hindi siya gumagawa ng marapat sa kaniyang anak na dalaga, kung ito'y sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang, at kung kailangan ay sundin niya ang kaniyang maibigan, hindi siya nagkakasala; bayaang mangagasawa sila. [37]Subali't ang nananatiling matibay sa kaniyang puso, na walang kailangan, kundi may kapangyarihan tungkol sa kaniyang sariling kalooban, at pinasiyahan sa kaniyang sariling puso na ingatan ang kaniyang sariling anak na dalaga, ay mabuti ang gagawin. [38]Kaya nga ang nagpapahintulot sa kaniyang anak na dalaga na magasawa ay gumagawa ng mabuti; at ang hindi nagpapahintulot na siya'y magasawa ay gumagawa ng lalong mabuti.**

**7:36 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na kung saan ito ay ipinalagay na totoo mula sa pananaw ng manunulat o para sa kanyang mga layuning pampanitikan.

▣

**NASB** **"sinomang lalake… sa kaniyang anak na dalaga"**
**NKJV** **"sinomang lalake. . .sa kaniyang dalaga"**
**NRSV** **"sinoman. . .sa kanyang nobya"**
**TEV** **"Sa kaso ng isang may kasunduang pangkasal na magkasintahan na hindi pa napagdesisyunang mag-asawa, kung ang lalake… sa dalaga"**
**NJB** **"sa isang may matinding pagsinta. . .sa kanyang nobya"**

Mayroong tatlong pangunahing linya ng pagpapakahulugan sa katagang ito.

1. na ito ay tumutukoy sa isang Kristiyanong ama at ang kanyang walang asawang dalaga (cf. NASB and JB)
2. na ito ay tumutukoy sa isang Kristiyanong lalaki at kanyang nobya (cf. NRSV, TEV, NJB)
3. na ito ay tumutukoy sa isang uri ng pang-ispirituwal na pag-aasawa na maaring isalin bilang "kasama sa hindi pag-aasawa" (cf. NEB) Ang salitang ito ay literal na "dalaga."

Ang Unang opsyon ay ginagamit ang pariralang "siya na nagbibigay" (v. 38) bilang pagtukoy sa isang ama na nagbibigay sa kanyang anak upang mag-asawa. Ang Pangalawang opsyon ay kinuha ang parirala sa v. 36, "kung ito'y sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang." Ang opsyon na ito ay tila ang pinaka paliwanag sa lahat ng katunayan, parehong tekstuwal at makasaysayang kalagayan. Ang ilang unag dekadang mga nangangaral ay maaring kinuha ang mga Kristiyanong dalaga bilang mga tagatulong sa miniteryo at tumira kasama sila, ngunit nananatiling walang asawa bilang tanda ng kanyang pagpigil sa sarili.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang ng maaring mangyari.

▣

**NASB** **"sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang"**
**NKJV** **"siya ay sumapit na sa pamumukadkad ng kaniyang katamtamang gulang"**
**NRSV** **"ang silakbo ng kaniyang damdamin ay matindi"**
**TEV** **"ang sliakbo ng kaniyang damdamin ay masyadong masidhi"**
**NJB** **"na ang mga bagay ay dapat sumunod sa nakatakda nitong daan"**

Ito ay maaring tumutukoy sa (1) karaniwang panahon ng pag-aasawa (cf. NASB, NKJV, and NJB) o (2) dahil sa ang anyo a maaring PANGLALAKI, hindi PAMBABAE, ito ay maaring tumukot sa lalaki nagiging masilakbo ang damdamin (cf. NRSV, TEV).

Para sa "sumapit sa kanyang katamtamang gulang" (*huperakmos*) Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo sa Tambalang *Huper* sa 2:1.

▣ **"bayaang mangagasawa sila"** Ito ay literal na "kaya dapat na ito ay maging kung ano ang hinihiling ng isa." Ang

pariralang ito ay maaring tumukot sa lalaki o sa babae. Ang MGA PANGHALIP sa buong konteksto ay may matinding pag-aalinlangan at ang kasiguraduhan sa mga pagkakaintindi ay hindi maari.

**NASB "bayaang mangagasawa sila"**
**NKJV, NRSV "hayaang silang mag-asawa"**
**TEV "sila ay dapat na magpakasal"**
**NJB "sila'ay dapat magpaksal"**

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PAUTOS IKATLONG PANAUHANG PANGMARAMIHAN, literal na "hayaan silang mag-asawa." Ito ay tumutukoy sa (1) isang lalake at kanyang nobya o (2) "kasama sa hindi pag-aasawa"

**7:37 "nananatiling matibay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Paninidigan sa 15:1.

**7:38 "ang hindi nagpapahintulot na siya'y magasawa ay gumagawa ng lalong mabuti"** Ito ay hindi isang panghahamak na puna sa pag-aasawa, nguni isang praktikal na paalala ng dahil sa

1. kasalukuyang suliranin sa Corinto
2. nalalapit na Ikalawang Pagdating
3. karaniwang sekswal na damdamin ng tao ng mga Kristiyanong kasama

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:39-40

**[39]Ang babaing may asawa ay natatalian samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa; nguni't kung patay na ang kaniyang asawa, ay may kalayaan siyang makapagasawa sa kanino mang ibig niya; sa kalooban lamang ng Panginoon. [40]Nguni't lalong maligaya siya kung manatili ng ayon sa kaniyang kalagayan, ayon sa aking akala: at iniisip ko na ako'y may Espiritu rin naman ng Diyos.**

**7:39 "Ang babaing may asawa ay natatalian samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. v. 27). Ang ika-39 na talatang ay nagpapakita na ang muling pag-aasawa pagkatapos ng pagkamatay ng asawa ay hindi masama (cf. I Timoteo 5:14). Ipinapakita rin nito na si Pablo ay <u>hindi</u> sinusubukang gumawa ng mahirap at madaliang mga pangkalahatang batas.

**"sa kalooban lamang ng Panginoon"** Mayroong dalwang maaring salin dito: (1) ang isang Kristiyano ay dapat mag-asawa ng Kristiyano (cf. II taga-Corinto 6:14) o (2) siya ay dapat kumilos bilang isang Kristiyano kapag siya ay muling nag-asawa. Madalas ang II taga-Corinto 6:14 ay ginamit na patunay ng unang bilang, ngunit sa konteksto ito ay hindi tiyak na binabanggit ang paksa. Subalit, sa paraan ng prinsipyo, ito ay maari.

**7:40 "ayon sa aking akala: at iniisip ko na ako'y may Espiritu rin naman ng Diyos"** Muling binabanggit ni Pablo ay kanyang kasalukuyang tema at ang kanyang pinagkukunan ng sagradong inspirasyon (cf. vv. 12,25).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano natin maisasabuhay ng katotohanan ng Kabanata 7 sa ngayon?
2. Ilan sa kanabata 7 ang kultural at ilan ang pangkalahatan?
3. Ang hindi ba pag-aasawa ay mas mataas ang estadong ispirituwal kay Pablo kaysa sa pag-aasawa? Kung oo, bakit?
4. Pumapayag ba ang Bibliya sa paghihiwalay? Kung oo, pumapayag ba ang Bibliya sa muling pag-aasawa? (vv. 28,39)
5. Ang ano "kasalukuyang suliranin" na tinutukoy ni Pablo sa v. 26?
6. Ang salita bang "dalaga" ay iba ang pagkakagamit sa vv. 25 at 36?

# I MGA TAGA-CORINTO 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagkaing inihahain sa mga Diyos-Diyosan | Maging maramdamin sa Konsensiya | Maari bang kumain ang isang Kristiyano ng pagkain na Nakalaan sa Diyos-diyosan? | Ang tanong tungkol sa Pagkaing inahahandog sa Mga Diyos-diyosan | Pagkaing hinahandog sa mga Huwad na diyos |
| | | | | (8:1-11:1) |
| | | | | Pangkalahatang Prinsipiyo |
| 8:1-6 | 8:1-13 | 8:1-3 | 8:1 | 8:1-6 |
| | | | 8:2-3 | |
| | | 8:4-6 | 8:4-6 | Ang mga Pag-angkin ng Kaalaman |
| 8:7-13 | | 8:7-13 | 8:7-8 | 8:7-13 |
| | | | 8:9-13 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 8:1-13

A. Ang koneksto ng panitikan ay tumatakbo mula sa 8:1 hanggang 11:1 tulad sa banghay ng NJB na ipinapakita sa itaas.

B. Ang katanungan sa pagkain ng karneng inihahandog sa mga diyos-diyosan ay tila napaka kakaiba para sa mga taga-kasalukuyan. Ngunit sa konteksto ng panahon ni Pablo at ang mga tao sa Corinto ito ay isang napakahalgang paksa. Marami sa mga pagtitipon ay mayroong relihiyosong pagpapakahulugan sa panahon ni Pablo. At saka, ang karne na ibinibenta sa mga palengke ng Corinto ay karamihan, kung hindi lahat, ay mula sa paganong mga templo.

C. Naaayon sa teolohiya ang kabanta 8 ay katumbas ang sa taga-Roma 14:1-15:13. Tingnan ang Natatanging Paksa at Kasingkahulugan Kabatiran mula sa taga-Roma 14:1-15:13 at I taga-Corinto 6:12, na kung saan ito ay mga tala mula sa aking mga puna sa taga-Roma 14:1-15:13. Ang dalawang ito ay parehong tinatalakay ang mga kumplikado at mahirap na paksa kung paano natitimbang ng isang Kristiyano ang kanyang kalayaan kay Kristo at ang kanyang pananagutan ng pag-ibig sa iba.

Si Gordon Fee, ng *To What End Exegesis?*, pp. 105-128, ay iniisip na ang kontekstong ito ay hindi tumutukoy sa pagkain lamang ng pagkaing inialay sa isang diyos-diyosan, ngunit ang pagdalo at pagsama sa mga

kainan sa templo ng diyos-diyosan (na madalas ay may kasama ring mga sekswal na gawain, cf. 10:6-22).

D. Ang kabantang ito ay idinidiin rin na ang kaalaman, kahit pa ang mapagpahayag na kaalaman, kapag ito ay hindi naiblanse ng pag-ibig para sa iba, ito ay bahagyang totoo (cf. 13:1-13).

E. Sa tingin ko, si James D. G. Dunn, *Unity and Diversity in the New Testament*, p. 319, ay mayroong magandang buod na pahayag. "Hindi siya tatayo para sa mga Hudyong Kristiyano na pinapaliit ang kalayaang Kritiyano papunta sa legalismo (taga-Galacia 5:1ff; Filipos 3:2ff); ngunit hindi rin siya tatyo para sa mga Hentil na Kristiyano na dinudungisan ang kalayaang Kristiyano na maging pang-aabuso sa kalayaan at elitismo (taga-Roma 16:17f; I taga-Corinto 5-6; 8-10; cf II taga-Thesalonica 3:6,14f)."

Para kay Pablo "ang ebanghelyo para sa lahat," ay ang gabay na prinsipyo! Ito ay masidhing inihayag sa sarili niyang mga salita sa I taga-Corinto 9:19-23!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1-3

**[1]Ngayon tungkol sa mga bagay na inihain sa mga diyus-diyosan: Nalalaman natin na tayong lahat ay may kaalaman. Ang kaalaman ay nagpapalalo, nguni't ang pagibig ay nagpapatibay. [2]Kung ang sinoman ay nagaakala na siya'y may nalalamang anoman, ay wala pang nalalaman gaya ng nararapat niyang maalaman; [3]Datapuwa't kung ang sinoman ay umiibig sa Diyos, ay kilala Niya ang gayon.**

**8:1 "Ngayon tungkol sa mga bagay na inihain sa mga diyus-diyosan"** Ito ay isa nanamang tanong (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12) na itinanong ng iglesiya sa Corinto sa isang sulat na kanilang isinulat kay Pablo, na dinala nina Stephanas, Fortunatus, at Achaicus (cf. 16:17).

▣
**NASB "mga bagay na inihain sa mga diyus-diyosan"**
**NKJV "mga bagay na inalok sa mga diyus-diyosan"**
**NRSV "pagkaing inialay sa mga diyus-diyosan"**
**TEV "pagkaing inalok sa mga diyus-diyosan"**
**NJB "pagkain na para sa mga huwad na mga diyos"**

Ito ay isang tambalang salita mula sa *eidōlon*, na nangangahulugang isang hugis, anyo, imahe, o rebulto; at *thuō*, na ang ibig sabhin ay pumatay or mag-alay ng sakripisyo. And salitang ito mismo ay ginamit upang ipagbawal ang pagkain ng karneng iniaalok sa isang diyos-diyosan sa sulat na pinadala sa mga simbahang Hentil mula sa Hukuman ng Jerusalem sa Mga Gawa 15:29 (cf. Mga Gawa 21:25).

▣ **"Nalalaman natin na tayong lahat ay may kaalaman"** Maaring ito ay
1. isang sipi mula sa sulat na ipinadala ng simbhaang Corinto kay Pablo
2. isang sawikain mula sa mga pangkatang samahan
3. isang sipi mula sa naunang pangaral ni Pablo, na kung saan ito ay hindi naintindihan ng simbahang Corinto

▣ **"Ang kaalaman ay nagpapalalo, nguni't ang pagibig ay nagpapatibay"** Sumasang-ayon si Pablo sa mga pahayag na nakapaloob sa sulat ng simbahang Corinto, ngunit binibigyang hangganan at mga konsepto at ipinapakita ang tunay nitong kahulugan at pagsasagawa (ito rin ay totoo ng mga sawikain ng huwad na mga guro sa kabanata 6-7).

Ang kaalaman ay isa sa mga aspeto ng kulturang Griyego kung saan ipinagmamalaki ito ng simbahang Corinto. Ang problema as kaalaman ay nagagawa nitong gawin ang isang mapagmataas at mapagpalalo (cf. 4:6,18,19; 5:2; 8:1; 13:4; II taga-Corinto 12:20). Tingnan ang buong tala sa 4:6. Ito ay nakatuon sa indibidwal, hindi sa pamilya, sa katawan, o sa iglesiya.

Ang salitang "tagubilinan" ay isang nabubuong talinghaga. Madalas na nababanggit ni Pablo ang "pagbubuo" o "pagtatagubilin" sa iglesiya o mga indibidwal na mga Kristiyano (cf. taga-Roma 14:19; 15:2; I taga-Corinto 8:1; 10:23; 14:3,5,12,26; II taga-Corinto 10:8; 12:19; 13:10; taga-Efeso 4:12,29; I taga-Thesalonica 5:11).

Ang pag-ibig ay mahalaga sa ating kalayang Kristiyano. Ang kaalaman ay hindi maiaayos ang suliranin sa pagmamataas; tanging ang pagmamahal sa sarili ang makakagawa nito. Ang mga mananampalataya ay dapat ituloy kung ano ang bumubuo sa iglesiya, hindi ang pagpapakabanal sa mga matalinong inidibidwal na mga Kristiyano.

### NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang

“magtatag ng isang bahay” (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesiya, I taga-Corinto 3:9; taga-Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng
   a. mga mahinang kapatid, taga-Roma 15:1
   b. kapwa, taga-Roma 15:2
   c. bawa’t-isa, taga-Efeso 4:29; I taga-Thesalonica 5:11
   d. ang mga banal para sa gawain, taga-Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
   a. pag-ibig, I taga-Corinto 8:1; taga-Efeso 4:16
   b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I taga-Corinto 10:23-24
   c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
   d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I taga-Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay ay kailangang makapagpatibay
   a. kapangyarihan ni Pablo, II taga-Corinto 10:8; 12:19; 13:10
   b. buod na mga pahayag sa taga-Roma 14:19 at I taga-Corinto 14:26

**8:2 “Kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinalagay na tunay mula sa paningin ng manunulat para sa kanyang mga layuning pampanitikan (cf. vv. 3,5).

▣ **“sinoman ay nagaakala na siya'y may nalalamang anoman”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na sinundan ng isang GANAP NA PAWATAS. Sinasalamin nito ang palagiang pagmamalaki sa simbahang Corinto (cf. 3:18).

▣

**NASB** **“wala pang nalalaman gaya ng nararapat niyang maalaman”**
**NKJV** **“wala pa siyang nalalaman na dapat niyang malaman”**
**NRSV** **“wala pa sa kanyaang kailangan kaalaman”**
**TEV** **“hindi pa alam ang dapat nilang malaman”**
**NJB** **“at hindi niya pa ito lubos na alam tulad ng nararapat”**

Ininuyag ni Pablo ang kawalan nila ng kaalamang isiprituwal. Ang makamundong karunungan (i.e., kaisipan ng tao) ay nagsasanhin ng paghihiwa-hiwalay at pagmamalaki, ngunit ang kaalaman ng Diyos sa atin (cf. 13:12; taga-Galacia 4:9) at ang ating kaalaman sa ebanghelyo ay nagpapalaya sa atin na Siya ay paglingkuran at ang Kanyang mga taga-sunod.

**8:3 “Datapuwa't kung ang sinoman ay umiibig sa Diyos”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Mayroong mga nasa Conrinto na umiibig sa Diyos. Pansinin na ang pagdiin ni Pablo ay nasa pag-ibig (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG), hindi sa kaalaman (cf. 13:1-13).

▣ **“ay kilala Niya ang gayon”** Ito ay maaring isang pang halimbawa ng mga sawikain ng mga nagbabansag sa mga sarili nilang sila ay mas naliwanagan at mas ispirituwal. Ito ay napaka katulad sa isang lumang Gnostic na parirala na nakita sa *Gospel of Truth* 19.33. Ang tunay na naliwanagan ay alam na walang kahit anong paghahati sa pagitan ng mga tao, hindi sa pagitan

1. ni Hesus – ng Hentil
2. ng mga alipin – ng malaya
3. ng mga kalalakihan – ng mga kababaihan
4. ng malakas – ng mahina

Lahat ng harang ay “walang bisa” kay Kristo!

Ana ating kaalaman sa Diyos ay mahalaga, ngunit ang kaalaman tungkol sa Diyos ay hindi kapalit para sa isang personal na ugnayan, na pinasimulan ng Diyos, na ang mga paksa sa ating pag-ibig sa isa’t-isa na ang naghahayag ng ating pagmamahal sa Kanya (cf. taga-Galacia 4:6; II Timoteo 2:19; I Juan 4:19).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:4-6

**[4]Tungkol nga sa pagkain ng mga bagay na inihain sa mga diyus-diyosan, nalalaman natin na ang diyus-diyosan ay walang kabuluhan sa sanglibutan, at walang Diyos liban sa iisa. [5]Sapagka't bagama't mayroong mga tinatawag na mga dios, maging sa langit o maging sa lupa; gaya nang may maraming mga dios at maraming mga panginoon; [6]Nguni't sa ganang atin ay may isang Diyos lamang, ang Ama, na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isa lamang Panginoon, si Hesukristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya.**

**8:4 “nalalaman natin na ang diyus-diyosan ay walang kabuluhan sa sanglibutan”** Mayroong paglalaro sa mga salita sa pagpapakahulugan sa mga talatang tio sa pagitan ng konseptong Hebreo ng “alam” bilang isang personal na ugnayan (cf. v. 3;

Genesis 4:1; Jeremias 1:5) at ang Griyegong pagpapakahulugan ng "alam" bilang mga katotohanan tungkol sa isang bagay o isang tao (cf. vv. 1,2,4).

Sa OT ang mga diyos-diyosan ay "walang laman" o "walang kabuluhan." SIla ay hindi man lang mga diyos (cf. II Cronica 13:9; Isaias 37:19; 41:29; Jeremias 2:11; Mga Gawa 14:15; taga-Galacia 4:8). Si Pablo, kalaunan sa I Corinthians, ay isinasaysay na ang mga demonyo ay ginagamit ang mga pamihiin at pagsamba sa diyos-diyosan ng mga tao (cf. 10:20), ngunit walang katotohanan sa mga diyos-diyosan!

▣ **"walang Diyos liban sa iisa"** Ito ang teolohikong pagtitibay ng isang Diyos (cf. I Timoteo 2:5-6). Ayon sa biblical na paghayag mayroong lang isang tunay na Diyos (cf. v. 6; Deuteronomio 4:35,39; Awit 86:8,10). Madalas ang OT ay nagbabanggit ng ibang "*elohim*" (i.e., ispirituwal na mga nilalang), ngunit walang katulad (i.e., sa parehong kategorya, cf. Exodo 20:2-3; Deuteronomio 32:39) YHWH (cf. Exodo 15:11; Awit 86:8; 89:6). Ang dasal ng Huydo na tinatawag na *Shema* mula sa Deuteronomio 6:4, ay ang Hudyong pagpapatibay na sinasambit araw-araw at sa bawat araw ng pagsamaba na nagsasaysay ng pagiging isa ni YHWH (cf. Marcos 12:28-29).

## NATATANGING PAKSA: MONOTEISMO

Ang konsepto ng "Monoteismo" (isa at nag-iisang Diyos), hindi lamang ang "mataas na Diyos" ng politeismo o ang mabuting Diyos ng dualismo ng mga taga-Iran (Zoroastrianismo), ay natatangi sa Israel (Abraham, 2000 B.C.). Maliban sa isa bihirang pasubali sa Ehipto (Amenhotep IV, ay kilala rin bilang Akhenaten, 1367-1350 or 1386-1361 B.C.).

Ang konseptong ito ay ipinahayag sa maraming mga parirala sa OT.

1. "walang kagaya ni YHWH ating *Elohim*," Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 33:26; I Hari 8:23
2. "wala ng iba maliban sa Kanya," Deuteronomio 4:35,39; 32:39; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; Isaias 45:21; 44:6,8; 45:6,21
3. "YHWH ay iisa," Deuteronomio 6:4; taga-Roma 3:30; I taga-Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19
4. "walang kagaya mo," II Samuel 7:22; Jeremias 10:6
5. "Ikaw lamang ang nag-iisang Diyos," Awit 86:10; Isaias 37:16
6. "Bago pa man Ako walang ibang Diyos ang nabuo, at walang iba pagkatapos Ko," Isaias 43:10
7. "wala ng iba na kagaya ko; maliban sa Akin. . .walang ng iba," Isaias 45:5,6,22
8. "wala ng iba, walang ng ibang Diyos," Isaias 45:14,18
9. "wala ng iba maliban sa akin" Isaias 45:21
10. "Wala ng iba;. . .wala ng kagaya ko," Isaias 46:9

Dapat na tanggapin na ang mahalaga na doktrinang ito ay ipinahayag sa progresibong mga kaparaanan. Ang mga naunang mga pananalita ay maaring maunawaan bilang "henoteismo" o praktikal na Monoteismo (mayroong ibang mga diyos, ngunit tanging ang Diyos ay para sa atin, cf. Exodo 15:11; 20:2-5; Deuteronomio 3:28; 5:7; 6:4,14; 10:17; 32:12; I Hari 8:23; Awit 83:18; 86:8; 136:1-2).

Ang unang mga teksto na nagsimulang magpakilala ng pang-isahan (pilosopikong Monoteismo) ay nauna (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 33:26). Ang ganap at kompletong pag-aangkin at matatagpuan sa Isaias 43-46 (cf. 43:11; 44:6,8;45:7,14,18,22; 46:5,9).

Ang NT ay binabanggit ng Deuteronomiyo 6:4 sa taga-Roma 3:30; I taga-Corinto 8:4,6; taga-Efeso 4:6; I Timoteo 2:5; at Santiago 2:19. Si Hesus ay nagbabanggit nito bilang ang unang kautusan sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:29-30; Lucas 10:27. Ang OT, at gayon din ang NT, ay nagsasaysay ng realidad ng ibang mga espiritwal na mga nilalang (mga demonyo, mga anghel),ngunit iisang manlilikha/manunubos ang Diyos (YHWH, Genesis 1:1).

Ang Biblikal na Monoteismo ay may mga katangian na ang

1. Ang Diyos ay iisa at natatangi (ontology is assumed, not specified)
2. Ang Diyos ay personal (cf. Genesis 1:26-27; 3:8)
3. Ang Diyos ay etikal (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8-10)
4. Ang Diyos ay nilalang ang mga tao ayon sa Kanyang imahe (Genesis 1:26-27) para sa pakikisama (i.e., #2). Siya ay isang mapanibughong Diyos (cf. Exodo 20:2-3)

Mula sa NT

1. Ang Diyos ay may tatlong walang hanggan, personal na mga manipestasyon (tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11)
2. Ang Diyos ganap at lubusang naipahayag kay Hesus (cf. Juan 1:1-14; taga-Colosas 1:15-19; Hebreo 1:2-3)
3. Ang walang hanggang plano ng pagtutubos ng Diyos para sa makasalanang sangkatauhan ay ang sakripisyong pag-aalay ng Kanyang natatanging Anak (Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21; taga-Filipos 2:6-11; Hebreo)

**8:5** Isinasaysay ni Pablo ang katotohanan ng mga ispirituwal na nilalang (i.e., Mabuti ang masamang mga anghel at mga demonyo) sa paggamit ng isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ito ay isang karaniwang pag-unawa ng OT. Tingnan ang tala sa 8:4.

Ang salitang "mga diyos" sa OT ay ang *elohim*. Ang PANGMARAMIHAN na ngalan na ito ay maaring tumukoy sa

1. Diyos ng Israel (gumamit ng PANG-ISAHANG PANDIWA, cf. Genesis 1:1, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:8)

2. diyos ng mga bansa (e.g., Genesis 35:2; Exodo 12:12; Levitico 19:4; Deuteronomio 6:14)
3. anhelikong mga nilalang (cf. I Samuel 28:13; Awit 82:1,6; I taga-Corinto 10:19-21)

**8:6 "Nguni't sa ganang atin ay may isang Diyos lamang"** Ito ay ang teolohikong pagpapatibay ng isang diyos. Tingnan ang tala sa v. 4.

Sa kasaysayan ng relihiyon nagkaroon ng ilang kategorya ng paniniwala tungkol sa mga diyos.

1. animismo, ang mga ispirituwal na nilalang ay may kaugnayan sa mga nautral na pangyayari o mga bagay
2. politeismo, ang pagkakaroon ng maraming diyos
3. henoteismo, maraming mga diyos, ngunit isa lamang ang diyos para sa atin (i.e., tribo, bansa, heograpikal na pook)
4. monoteismo, ang pagkakaroon ng isa lamang na Diyos (hindi ang mataas na Diyos ng isang panteon)

Ang tekstong ito ay nagsasaysay ng pagkakaroon ng maraming ispirituwal na mga nilalang (cf. v. 5), ngunit isa lang na tunay na Diyos (cf. v. 4, tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa 8:4). Para doon sa mga nasa Hudyo-Kristiyano na tradisyon mayron lamang isang lumikha/tagapagligtas ang Diyos na nabubuo sa tatlong walang hanggan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10.

▣ **"ang Ama"** Ito ay isang kahanga-hangang malapit, personal at pampamilyang titulo para sa Diyos. Idinidiin nito ang katangian ng Diyos. Ang aspetong ito ng Diyos ay malalaman lamang gamit ng paghayag niya sa Kanyang sarili, at hindi mula sa kaisipan ng tao o pagkatuklas.

Bagaman ang pampamilyang titulo na ito lumalabas sa OT ay hindi masinsin (cf. Deuteronomio 32:5-6; Isaias 63:16; 64:8; Jeremias 31:9,20; Oseas 11:3-4; Malakias 1:6; 2:10), ito ay si Hesus, angAnak, na buong inihayag ang kagila-gilalas, malapit at matalinghagang analohiya na ito (cf. "aming Ama," Mateo 6:9; 23:9; taga-Efeso 4:6; *Abba*, Marcos 14:36). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3).

▣ **"na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay"** Ito ay isang pagpapatibay sa Diyos bilang tagapaglikha (cf. 11:12; taga-Roma 11:36; II taga-Corinto 5:18; taga-Colosas 1:16; Hebreo 2:10). Tingnan ang Natatanging Paksa: Unang anak sa 15:20.

▣ **"at tayo'y sa kaniya"** Ginawa ng Diyos ang mundo bilang yugto para sa sankatauhan upang sumama sa Kanya. Nang ang kinalabasan ng paghihimagsik ng tao (cf. Genesis 3) ay napagtagumpayan sa ating pagkaligtas at panunumbalik kay Kristo, naintindihan natin ang nilalayong layunin. Kapag ang imahe ni Kristo sa sangkatauhan ay nanumbalik kay Kristo, sa gayon ang malapit at personal na pagsasama sa Eden ay naibalik na.

▣ **"isa lamang Panginoon, si Hesukristo"** Ang pamagat na "Panginoon"ay sinasalamin ang isang salin ng OTkay YHWH, na ito ay ang Hebreong PANDIWA na "maging" (cf. Exodo 3:14, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:8). Ang mga Hudyo ay takot bigkasin ang banal na pangalang ito at ito ay naging walang kabuluhan, kaya naman, pinalitan nila ang Hebreong salita na *Adon* o Panginoon.

Ang pagtawag kay Hesus na Panginoon (i.e., ang *kurios* ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong *Adon*) ay isang paraan ng pagpapatibay ng Kanyang diyos at pagiging isa kay YHWH (cf. Filipos 2:11). Ang konsepto ng pagiging isa ay mahalaga rin (cf. taga-Efeso 4:5; I Timoteo 2:5).

Kahit na hindi ginagamit ni Pablo ang *Theos* (i.e., Diyos) para kay Hesus sa kontekstong ito, ginamit niya it okay Hesus sa Mga Gawa 20:28; taga-Roma 9:5; at Tito 2:13 at *Theotētus* sa taga-Colosas 2:9. Hindi maikakaila na sa isip ni Pablo si Hesus ay banal. Si Pablo ay isang lubos na monoteista. Hindi niya inilalarawan kung paano ang isang Diyos ay habangbuhay na mananatili sa tatlong personal na paghahayag, ngunit iyon ang malinaw na konklusyon. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 2:10.

▣ **"na sa pamamagitan Niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan Niya"** Si Hesus ang kinatawan ng Ama sa paglikha (cf. Juan 1:3; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Ito ang papel ng isinabuhay na kaalaman sa Kawikaan 8:22-31. Ang kaalaman ay PAMBABAE sa Hebreo (cf. Kawikaan 8:1-21) dahil ang PANGNGALAN na "kaalaman" (BDB 315) ay isang PAMBABAENG PANGKASARIANG PANGNGALAN. Sa katagang ito makikita natin ang tension sa pagitan n gating pagpapatibay sa monoteismo at ang paghahayag ng NT sa Trinidad. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:7-13

**[7]Gayon ma'y wala sa lahat ng mga tao ang kaalamang iyan: kundi ang ilan na hanggang ngayon ay nangamimihasa sa diyus-diyosan, ay kumakain na parang isang bagay na inihain sa diyus-diyosan; at ang kanilang budhi palibhasa'y mahina ay nangahahawa. [8]Datapuwa't ang pagkain ay hindi magtataguyod sa atin sa Diyos: ni hindi tayo masama, kung tayo'y di magsikain; ni hindi tayo lalong mabuti, kung tayo'y magsikain. [9]Datapuwa't magsipagingat kayo baka sa anomang paraan ang inyong kalayaang ito ay maging katitisuran sa mahihina. [10]Sapagka't kung makita ng sinomang ikaw na may kaalaman na nakikisalo sa pagkain sa templo ng diyus-diyosan, hindi baga titibay ang kaniyang budhi, kung siya'y mahina, upang kumain ng mga bagay na inihain sa mga diyus-diyosan? [11]Sapagka't sa pamamagitan ng iyong kaalaman ay napapahamak ang mahina, ang kapatid na dahil sa**

**kaniya'y namatay si Kristo. [12]At sa ganitong pagkakasala laban sa mga kapatid, at sa pagkakasugat ng kaniyang budhi kung ito'y mahina, ay nangagkakasala kayo laban kay Kristo. [13]Kaya, kung ang pagkain ay nakapagpapatisod sa aking kapatid, kailan man ay hindi ako kakain ng lamang-kati, upang ako'y huwag makapagpatisod sa aking kapatid.**

**8:7 "Gayon ma'y wala sa lahat ng mga tao ang kaalamang iyan"** Sa konteksto ito ay tumutukoy sa "mas mahina" at "mas malas" na Kristiyano (cf. taga-Roma 14:1,2,14,22-23; 15:1). Ang "mahina" sa kontekstong ito ay tumutukoy sa pamahiin o legalismo na may kaugnayan sa nakaraan ng isa, na hindi pa nababago. Ito ay isang sarkastikong sulyap pabalik sa v. 1 at ang pagmamalaki ng ilang mga pangkat ng iglesiya sa Corinto at ang kanilang pagdiin sa karunugan at kaalaman (cf. v. 11).

▣ **"at ang kanilang budhi palibhasa'y mahina ay nangahahawa"** Ang mga mananampalataya ay dapat kumilos ng may pananampalataya sa liwanag na mayroon tayo (cf. taga-Roma 14:23), kahit na ang karunungan ay mali o ispirituwal na parang bata. Ang mga mananampalataya ay responsible lamang sa kung ano ang kanilang naiintindihan.

Madalas na ginagamit ni Pablo ang salitang "budhi" sa mga sulat sa Corinto (cf. 4:4; 8:7,10,12; 10:25,27,28,29; II taga-Corinto 1:12; 4:2; 5:11). Tumutukoy ito sa moral sa loob ng kahulugan kung aano ang naangkop at hindi naangkop (cf. Mga Gawa 23:1). Ang budhi ay maaring maapektuhan ng ating pamumuhay noon, ng ating mga hindi mabuting pagpipilian, o ng Espiritu ng Diyos. Ito ay hindi isang maayos na gabay, ngunit ipinapakita nito ang hangganan ng indibidwal na pananampalataya. Samakatuwid, upang labagin an gating budhi, kahit pa ito ay mali o mahina, ito ay isang malaking problema sa paniniwala.

Ang budhi ng mananampalataya ay kailangan pang mabuo nang mabuo ng salita ng Diyos at ng Espiritu ng Diyos (cf. I Timoteo 3:9). Hahatulan ng Diyos ang mga mananampalataya mula sa ilaw na mayroon sila (i.e., mahina o malakas), ngunit lahat tayo ay dapat maging bukas bukas sa Bibliya and sa Espiritu para tayo ay mas maliwanagan at lumawak pa ang aing karunungan sa Panginoong Hesukristo. Tingnan ang kabuuang tala ng "budhi" sa 10:25. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

▣ **"nangahahawa"** Ang salitang ay tumutukoy talaga sa maruming pananamit (cf. Zacarias 3:3-4; Judas 23; Pahayag 3:4). Ito ay ginamit na pasimbolo para sa moral na kasiraan (cf. Pahayag 14:4).

Kagulat-gulat na ang salitang ito ay napili upang ilarawan kung ano nangyayari sa mga mahinang mananampalataya na nilalabag ang hangganan ng kanilang mga paniniwala. Tinitingnan ng Diyos ang puso ng bawat sitwasyon. Ang pagsira sa pagkakaintindi natin sa ating paniniwala, kahit pa ito ay mahina o hindi naangkop, ay isang malubhang pagsira sa ating paniniwala!

**8:8 "Datapuwa't ang pagkain ay hindi magtataguyod sa atin sa Diyos"** Ipinapakita nito ang may kapintasang teolohiya, parehong nung mga nagpapatibay asetismo, o Hudyong legalismo, tulad di nung mga nagpapatibay ng radikal na kalayaan. Wala sa pagkain o hindi pagkain ang magdadala sa atin upang tanggapin ng Diyos (cf. taga-Roma 14:14,23; Marcos 7:18-23). Ang pagmamahal sa Diyos na ipinapahayag sa pamamagitan ng pagmamahal sa iyong mgakapatid kay Kristo ay ang susi sa kapayapaan at pagyabong sa loob ng samahang Kristiyano.

▣ **"magtataguyod"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Managana sa II taga-Corinto 2:7.

▣ **"kung. . .kung"** Mayroong dalawang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na parirala sa v. 8, na kungsaan ito ay nagpapakita ng maaring mangyari.

**8:9**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"Datapuwa't magsipagingat kayo baka sa anomang paraan ang inyong kalayaang ito ay maging katitisuran sa mahihina"** |
| **NKJV** | **"Ngunit kayo ay mag-ingat dahil ang kalayaan niyong ito ay nagiging katitisuran ng mga mahihina"** |
| **TEV** | **"Mag-ingat, sapagkat, huwag niyo hayaang ang kalayaan niyong gumalaw ay gawin ang mga mahihina ang paniniwala na makasalanan"** |
| **NJB** | **"Mag-ingat lamang kayo na ang kalayaang niyong ito ay hind imaging daan upang tisurin iyong mga mahihina"** |

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang kalayaang Kristiyano (i.e., *exousia*, cf. 9:4,5,6,12,18) ay kailangang pamahalaan ng pag-ibig o ito ay magiging abuso sa kalayaan (cf. 10:23-33; 13:1-13; taga-Roma 14:1-15:13). Tayo ay ang tagabantay ng ating kapatid!

Ang paksang ito sa kalayaan at pananagutan ng Kristiyano ay tinalakay rin sa taga-Roma 14:1-15:13. Tingnan ang Kontekstwal na Kalinawan mula sa aking puna sa taga-Roma, mga kabanata 14 at 15 sa I taga-Corinto 6:12.

**8:10 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING MAY PASUBALI, na nangangahulugan ng maaring manyari. Ang gramatika ng v. 10 ay inaasahan ang "oo" na sagot.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"makita ng sinomang ikaw na may kaalaman na nakikisalo sa pagkain sa templo ng diyus-diyosan"** |
| **NRSV** | **"makita ka ng iba na may kaalaman, na kumakain sa templo ng isang disdiosan"** |
| **TEV** | **"Ipagpalagay na ang budhi ng isa ay mahiana sa bagay na ito, ay nakita ka, na mayroong tinatawag sa 'kaalaman' na kumakain sa templo ng isang diyus-diyosan"** |
| **NJB** | **"Ipagpalagay na may nakakita sa iyo na mayroong kaalaman, na nakisalo sa templo ng isang huwad na diyos"** |

Ang pariralang ito ay hindi malinaw na naisalin sa NASB at NKJV. Ang idiomatiko at dinamikong salin ng TEV at NJB ang nakakuha sa kaisipan.

Ang kaalaman na tinutukoy ni Pablo ay bumabalik sa vv. 1-4. Ang mga malakas na mananampalataya ay lam na mayroon lamang isang Diyos (cf. v. 4). Ang mga mahihinang mananampalataya ay naiimpluwensiyahan parin ng kanilang nakaraan. Ang mga malakas na mananampalataya ay yumuyuko patalikod upang hindi makasakit sa damdamin ng kanilang mahihinang mga kapatid kay Kristo o sa mga taos-pusong naghahanap (cf. v. 1).

Ang tunay na kalakasang ispirituwal ay hindi lamang sa kaalaman, kundi pati sa pagmahahal mo sa iyong kapwa mananampalataya, kahit pa ang mahihina, mapapamahiin, legalistiko, asetiko at mga bata pa! Ang tunay na kaalaman ay ginagawa ang isa na mapagkumbabang tagapangasiwa ng hindi tampat na kaloob n Diyos kay Kristo!

▣ **"nakikisalo sa pagkain sa templo ng diyus-diyosan"** Tingnan ang mga tala sa 10:14-22.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"upang kumain"** |
| **NKJV** | **"upang palakasin ang loob na kumain"** |
| **NRSV** | **"upang himukin sila na kumain"** |
| **TEV** | **"hindi ba ito hihimok sa kanya na kumain"** |
| **NJB** | **"ay mahimok na kumain"** |

Ito ay ang salitang "magtayo" o "magbigay ng halimbawa" tulad sa talata 1. Ito siya na parehong ginamit sa

1. isang sarkastikong paraan tungkol sa nakakasirang impluwensiya ng mas malakas na mga kilos ng kapatid
2. Isang maaring sipi mula sa sulat sa taga-Corinto na kaugnayan sa kung paano tulugan iyong may mahinang paniniwala

**8:11**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Sapagka't sa pamamagitan ng iyong kaalaman ay napapahamak ang mahina, ang kapatid na dahil sa kaniya'y namatay si Kristo"** |
| **NKJV** | **"At dahil sa iyong kaalaman tiyak na mamatay ang mahinang kapatid, kung saan si Kristo ay namatay para sa kanya"** |
| **NRSV** | **"Kaya dahil sa iyong kaalaman iyong mga mahihinang mananampalataya na dahil sa kanila'y namatay si Kristo ay nasira"** |
| **TEV** | **"At kaya ang mahinang tao na ito, ang iyong kapatid na dahil sa kanya'ay namatay si Kristo, ay mamamatay dahil sa iyong 'kaalaman'"** |
| **NJB** | **"At ito ay nakasalalay sa iyong kaalaman na ang kapatid na ito na para sa kanya'y namatay si Kristo, dahil siya ay mahina, ay nawala na"** |

Ang ayos ng Griyegong pangungusap ay idinidiin ang "iyong" (i.e., ang tinatawag na ito na nakalalamang na kaalamang mayroon ka). Kapag ang isang kalayaang Kristiyano ay sinisira ang isa pang Kristiyano, ang kalayaang iyon ay isang sakuna (cf. taga-Roma 14:15,20).

Ito ay isang sarkastikong puna tulad ng sa v. 10. Ang simbahang Corinto ay pinagmamalaki ang kanilang kaalaman (8:1). Dito ipinapakita ni Pablo na ang kaalaman ay maaring maging sakuna. Laging pinagsasabihan ni Pablo ang "mas malakas" na kapatid na magkaroon ng tiyaga at pag-alala sa "mas mahina" na kapatid, dahil sa pag-ibig ng Diyos sa kanilang dalawa.

Ang mga salitang "nasira," "nawala," o "nawasak" ay dapat initindihin sa liwanag ng taga-Roma 14:22-23, kung saan "magsanhi ng isa pang kasalanan," na kung saan ito ay pareho sa pagkakagamit ng salita ditto. Ito ay hindi ang panghuling pagkawasak, ngunit isang pansamantala, ngunit malubhang kalagayan sa ispirituwal na pag-unlad.

## NATATANGING PAKSA: PAGKAWASAK (*APOLLUMI*)

Ang salitang ito ay may malawak sinasakupang pang-semantiko, na nagdulot nang labis na pagkalito sa kaugnayan nito sa mga pagkaunawang teolohikal sa paghahatol at paglilipol. Ang pangunahing literal na kahulugan ay galing sa apo at ollumi, sumira, pumuksa.

Ang suliranin ay nanggaaling sa mga patalinghagang paggamit ng salita. Ito ay maliwanag na makikita sa *Greek-English Lexicon of the New Testament, Based On Semantic Domains*, tomo 2, p. 30 nila Louw and Nida. Ito ay nagtala ng

maraming mga kahulugan ng salita

1. sirain (e.g., Mateo 10:28; Lucas 5:37; Juan 10:10; 17:12; Mga Gawa 5:37; taga-Roma 9:22 mula sa tomo 1, p. 232)
2. nabigong makamit (e.g., Mateo 10:42, tomo 1, p. 566)
3. nawala (e.g., Lucas 15:8, tomo 1, p. 566)
4. walang kamalayan sa kinalalagyan (e.g., Lucas 15:4, tomo 1, p. 330)
5. kamatayan (e.g., Mateo 10:39, tomo 1, p. 266)

Si Gerhard Kittel, sa kanyang *Theological Dictionary of the New Testament*, tomo 1, p. 394, ay sinubukang ilarawan ang mga pagkakagamit sa pamamagitan ng pagtatala ng apat na mga kahulugan:

1. pumuksa o pumatay (e.g., Mateo 2:13; 27:20; Marcos 3:6; 9:22; Lucas 6:9; I taga-Corinto 1:19)
2. mawalan o magdusa sa pagkakawala (e.g., Marcos 9:41; Lucas 15:4,8)
3. masawi (e.g., Mateo 26:52; Marcos 4:38; Lucas 11:51; 13:3,5,33; 15:17; Juan 6:12,27; I Corinto 10:9-10)
4. mawala (e.g., Mateo 5:29-30; Marcos 2:22; Lucas 15: 4,6,24,32; 21:18; Mga Gawa 27:34)

Sinabi ni Kittel na, "sa pangkahalatan, masasabing ang #2 at #4 ay naging batayang mga pahayag na may kaugnayan sa mundong ito tulad ng sa Sinoptiko, samantalang ang #1 at #3 ay naging batayan ng may sa susunod na mundo, tulad nina Pablo at Juan" (p. 394).

Kalakip nito ang pamamalagi ng pagkalito. Ang salita ay may malawak na semantikong pagkagamit na ang iba't-ibang mga may-akda sa NT ay ginagamit ito sa magkakaibang mga pamamaraan. Gusto ko ang sinulat ni Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 275-277. Inugnay niya ang salita sa mga tao na nawasak ang moralidad at naghihintay ng walang-hagang pagkakahiwalay sa Diyos laban sa mga taong nakikilala si Kristo at mayroong buhay na walang-hanggan sa Kanya. Ang huling pangkat ay "maliligtas," subalit ang unang pangkat ay mawawasak.

Hindi personal na naiisip na ang salita ay nangangahulugang paglilipol o *annihilation* (cf. E. Fudge, *The Fire That Consumes*). Ang salitang "walang-hanggan" ay ginamit sa kapwa walang-hanggang kaparusahan at walang-hanggang buhay sa Mateo 25:46. Pagbaba ng isa ay pagbaba ng dalawa!

**8:12 "ganitong pagkakasala laban sa mga kapatid… ay nangagkakasala kayo laban kay Kristo"** Ito ay isang makapangyarihang pahayag. Ang ating pagmamahal sa Diyos ay nakikita sa ating pagmamahal sa isa't-isa. Ilang beses sa NT, ang mga kilos ng tao laban sa mga mananampalataya ay nakikita bilang kilos laban kay Kristo (cf. Mga Gawa 9:4,5) at ang kilos ng tao para sa mga mananampalataya ay nakikita bilang kilos para kay Kristo (cf. Mateo 25:40,45).

**8:13 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang mga suliranin sa pagkain ay nagsasanhi sa ilang mananampalataya upang labagin ang kanilang mga personal na paniniwalang mga palagay.

▣ **"nakapagpapatisod"** Ito ay isang Griyegong salita na ginagamit sa pagbitag ng mga hayop. Literal na tumutkoy ito sa "may paing bitag na patpat."

▣ **"hindi ako kakain ng lamang-kati"** Ang talatang ito ay mayroong malakas na tatluhang NEGATIBO na pagkaabuo (cf. taga-Roma 14:21). Ang kalayaan kay Kristo ay dapat maging magandang halimbawa, hindi para makasira. Ang hindi naihayag na pahiwatig ay si Pablo ay hindi kakain ng laman na iniaalay sa isang diyos-diyosan o sa isang templo ng diyos-diyosan. Hindi nito ipinapahiwatig na si Pablo ay naging isa na di kumakain ng karne.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Malinaw na ang particular na suliranan na ito ay hindi napapanahon; subalit, ang pangkalahatang prinsipyo dito ay napaka makahulugan. Ipahayag ang prinsipyong iyon sa sarili mong mga salita.
2. Paano naiiugnay ng isa ang masamang gawi sa relihiyon sa mundo sa ating panahon?
3. Kung mayroon lamang isang Diyos, paano naging banal si Hesus?
4. Ipaliwanag ang ugnayan sa pagitan ng kalayaang kristiyano at pananagutan ng isang Kristiyano.
5. Ipaliwanag ang "mahina" at "malakas" na mga mananampalataya.
6. Dapat bang lahat ng mananampalataya ay hindi kumain ng karne?

# I MGA TAGA-CORINTO 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Pagkaing Inalay sa diyus-diyosan (8:1-11:1) |
| Ang Mga Karapatan ng isang Apostol | Isang Halimbawa ng Pagtanggi sa Sarili | Ang Karapatan ni Pablo bilang Apostol | Mga Karapatan at mga Tungkulin ng Apostol | Pinananawagan ni Pablo ang kanyang Halimbawa |
| 9:1-2 | 9:1-18 | 9:1-2 | 9:1-2 | 9:1-14 |
| 9:3-12a | | 9:3-7 | 9:3-7 | |
| | | 9:8-12a | 9:8-12a | |
| 9:12b-18 | | 9:12b-14 | 9:12b-14 | |
| | | Malaya si Pablo na Talikdan ang kanyang mga Karapatan bilang Apostol | | |
| | Pagliligtas sa Lahat ng Tao | 9:15-18 | 9:15-18 | 9:15-18 |
| 9:19-23 | 9:19-23 | 9:19-23 | 9:19-22 | 9:19-23 |
| | Pagsisikap sa isang Putong | | 9:23-27 | |
| 9:24-27 | 9:24-27 | 9:24-27 | | 9:24-27 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

### MGA KAUNAWAAANG KONTEKSTWAL SA 9:1-27

A. Ang kabanatang ito ay maiuugnay sa kabanata 8 sa kaunawaang ng paghahanap ng isang pagtitimbang sa pagitan ng mga karapatang Kristiyano at pananagutan sa pag-ibig (cf. taga-Roma 14:1-15:13 at I taga-Corinto 8:1-11 at 13:1-13).

B. Ito ay maliwanag mula sa konteksto na ang pamumuno ni Pablo ay inaatake ng ilang pangkat o mga pangkat sa iglesiya sa Corinto.

1. mga Hudyong naglalakbay ng guro na sinanay sa retorika (pagtatalumpati)
2. mga nagsisimulang Gnostiko

C. Mayroong isang sari-saring panariling MGA PANGHALIP (at mga anyong PANDIWA) ay ginamit sa kabanatang ito.
1. UNANG PANAUHANG PANG-ISAHAN, sa vv. 1-3,6,8,15-23,26-27
2. UNANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN, sa vv. 4-5,10-11,25
   a. magbuhat nang mabanggit nang tiyakan si Bernabe sa v. 6, siya ipinagpapalagay sa v. 4-5
   b. sa vv. 10-11, tila sinama ni Pablo si Apollos at maaaring ang ibang dumadalaw na mga mangangaral, maski si Pedro
   c. kadalasang ginagamit ni Pablo ang pang-editoryal na pangmaramihang "tayo" upang ipahayag ang kanyang sarili
3. PANGALAWANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN, sa vv. 13,24 ay tumutukoy sa mga taga-Corinto na nag-aangkin ng tila "lubos" na kaalaman ng mga bagay ng Diyos
4. ang paggamit ni Pablo ng MGA PANGHALIP ay kilalang mahirap at ang pinagmulang ng napakaraming kaibahan sa Griyegong manuskrito

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:1-2

**[1]Hindi ba ako malaya? hindi ba ako'y apostol? hindi ko ba nakita si Hesus na Panginoon natin? hindi ba kayo'y gawa ko sa Panginoon? [2]Kung sa iba'y hindi ako apostol, sa inyo man lamang ako'y gayon; sapagkat ang tatak ng aking pagkaapostol ay kayo sa Panginoon.**

**9:1 "Hindi ba ako malaya"** Mayroong isang kalipunan ng mga tanong sa kontekstong ito. USB[4] ay may labing-apat, NASB ay may labing-anim, NKJV ay may labing-lima, NRSV ay may labing-anim, TEV ay may labing-apat, at NJB ay may labing-dalawa. Ito ay di-tiyak kung ang mga ito ay pahayag o mga tanong (cf. Ellingworth at Hatton, *A Handbook on Paul's First Letter to the Corinthians*, p. 193). Ang mga tanong sa vv. 1-2 lahat ay inaasahan ang isang "oo" na sagot. Ang katanungan sa vv. 6,7,10, at 11 ay inihayag upang asahan ang isang "hindi" na sagot.

Ito ay ang paggamit ng "malaya" sa ang kaunawaan ng espirituwal na kalayaan kay Kristo (cf. 9:19; 10:29), hindi Romanong kalayaan (i.e., mga karapatang pulitikal). Kay Kristo ang mananampalataya, ngayon ay pinananahan ng Espiritu, ngayon ay nakabatid ng ebanghelyo, ay may kalayaang "huwag gumawa"! Ang kapangyarihan ng "nalugmok na sarili," ang "ako muna" ng Genesis 3 ay napalitan ng "iba muna"! Ang kalayaan sa ebanghelyo ay hindi "kalayaan sa. . .," ngunit "kalayaan na huwag gawin. . ."! Ito ay lubhang kakaiba mula sa pulitikal na kalayaan na siyang bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Ang nalugmok na sangkatauhan ay hindi matatanganan ang "kalayaan"! Kahit na ang mga di-lumalagong mananampalataya!

▣ **"hindi ko ba nakita si Hesus na Panginoon natin"** Ito ay GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na ang isang nakalipas na pagkilos ay nagbung sa isang nagpapatuloy na kalalagayan. Ang pagka-Apostol ni Pablo ay inaatake dahil siya ay hindi kasama sa orihinal na Labing-dalawa. Ang mga katangian ng isang apostol ay ang isa na nakasama ni Hesus sa panahon ng kanyang buhay sa mundo at nakita ang muling pagkabuhay (cf. Mga Gawa 1:15-26). Pinapahayag ni Pablo na nakita niya ang muling nabuhay na Kristo (cf. Mga Gawa 9:3,17,27; 22:14; I taga-Corinto 15:8). Ang panawagan ni Pablo ay sa pamamagitan ng isang natatanging pagkilos ni Kristo para sa isang natatanging misyon sa mga Hentil, na nangangailangan ng natatanging kapahayagan (cf. Mga Gawa 18:9; 23:11).

Hindi lamang nakatagpo nang personal ni Pablo si Hesus sa daan sa Damasco, ngunit maraming beses sa panahon ng kanyang ministeryo, si Hesus, o isang anghel bilang kinatawan ni Hesus, ang nagpakita sa kaniya upang palakasin siya (cf. Mga Gawa 18:9-11; 22:17-21), sa Mga Gawa 27:23.

▣ **"hindi ba kayo'y gawa ko sa Panginoon"** Ang katibayan ng pagka-Apostol ni Pablo ay ang napakaraming mga iglesiya na kanyang tinatag, kung saan ang Corinto ay isa dito (cf. 4:15; II taga-Corinto 3:1-3).

**9:2 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapakita na ang awtoridad ni Pablo ay tinanggi ng maraming nagkakahating pangkat ng naunang iglesiya (cf. Mga Gawa 15 at taga-Galacia).

▣ **"sapagkat ang tatak ng aking pagkaapostol ay kayo sa Panginoon"** Isang tatak sa sinaunang mundo na isang mainit na patak ng waks sa isang selyong singsing ay dinidiin upang itatak sa isang sulat o pakete. Ito ay isang katiyakan na ang nilalaman ay hindi pa nabubuksan; pinapakita nito kung sino ang may-ari ng mga nilalaman; at ito ay nagpapakita ng pagkatotoo ng mga nilalaman, na ito ay ipinadala ng tamang ito. Ang uring ito ng tatak ay naging isang talinghaga ng Kristiyanong katiyakan (cf. Juan 3:33; taga-Roma 4:11).

## NATATANGING PAKSA: TATAK

Ang tatak ay maaaring isang sinaunang paraan ng pagpapakita ng
1. katotohanan (cf. Juan 3:33)
2. pagmamay-ari (cf. Juan 6:27; II Timoteo 2:19; Pahayag 7:2-3)
3. katiyakan o proteksyon (cf. Genesis 4:15; Mateo 27:66; taga-Roma 15:28; II taga-Corinto 1:22; taga-Efeso 1:13; 4:30)
4. ito rin ay maaring tanda ng katotohanan ng pangako na kaloob ng Diyos (cf. taga-Roma 4:11 at I taga-Corinto 9:2)

Ang layunin ng tatak na ito ay upang kilalanin ang tao ng Diyos nang sa gayon ang bagsik ng Diyos ay hindi makaapekto sa kanila. Ang tatak ni Satanas ay kumikalala sa kanyang mga tao, na siyang layon ng bagsik ng Diyos. Sa Pahayag "ang kapighatian" (i.e., *thlipsis*) ay laging ang mga hindi mananampalataya na nagpapahirap sa mga mananampalataya , habang ang bagsik/galit (i.e., *orgē* o *thumos*) ay laging sa hatol ng Diyos sa mga hindi mananampalataya upang sila ay magsisi at bumalik sa pananampalataya kay Kristo. Ang positibong layuning ito ng paghuhukom ay makikita sa tipanang pagsusumpa/pagpapala ng Deuteronomio 27-28.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:3-7

**3Ito ang aking pagtatanggol sa mga nagsisiyasat sa akin. 4Wala ba kaming matuwid na magsikain at magsiinom? 5Wala ba kaming matuwid na magsipagsama ng isang asawa na sumasampalataya, gaya ng iba't ibang mga apostol, at ng mga kapatid ng Panginoon, at ni Cefas? 6O ako ba lamang at si Bernabe ang walang karapatang magsitigil ng paggawa? 7Sinong kawal ang magpakailan pa man ay naglilingkod sa kaniyang sariling gugol? sino ang nagtatanim ng isang ubasan, at hindi kumakain ng bunga niyaon? o sino ang nagpapakain sa kawan, at hindi kumakain ng gatas ng kawan?**

**9:3 "aking pagtatanggol"** Ang terminong ito (i.e., *apologia*) ay ginamit na isang "legal na pagtatanggol" (cf. Mga Gawa 19:33; 22:1; 25:16; taga-Filipinos 1:7,17; I Pedro 3:15). Sa palaugnayan, ang v. 3 ay maaaring kasama ng v. 2 o v. 4. Ang USB[4], NRSV, at TEV ay ipinapakita ito na kasama ng v. 4, habang ang NKJV at NJB ay hindi inihinto ang ang talata sa anumang punto.

▣ **"sa mga nagsisiyasat sa akin"** Si Pablo ay pinupulaan ng ilang pangkat o teolohikong pagkakahati sa Corinto (cf. 2:15; 4:3). Inaangkin nila
1. na siya ay hindi isang tunay na apostol
2. na kanyang binago ang mensahe ng mga Apostol sa Herusalem mga apostol
3. na siya ay nangangaral lamang para sa salapi

Ang mga paratang na ito ay hindi tiyakang ipinahayag, ngunit ipinagpapalagay na mula sa pangkasaysayang kapaligiran at mula sa mga paksa na piniling banggitin ni Pablo.

**9:4** Ito ay nagsimula sa isang kalipunan ng mga tanong (cf. vv. 4-7) kung saan si Pablo ay nagpapahayag ng kanyang karapatan bilang isang Apostol na tinataguyod ng mga lokal na iglesiya. Gayunman kanyang personal na pinili na hindi igiit ang kanyang mga karapatan (cf. 9:15,18; I taga-Thesalonica 2:6), ngunit siya'y nanindigan sa mga karapatan ng ibang Kristiyanong manggagawa.

**9:5 "na magsipagsama. . .gaya ng iba't ibang mga apostol"** Ang konteksto ay hindi tuwirang binigyang-diin ang karapatan ng mga Apostol na magkaroon ng asawa, bagaman ito ay tiyak na ipinahiwatig, ngunit ang karapatan ng mga Apostol na magkaroon ng iglesiya na magtataguyod sa kanila at kanilang asawa.

Ang terminong "mga apostol" ay maaaring tumukoy sa Labing-dalawa o ang mas malawak na paggamit ng termino (cf. Mga Gawa 14:4,14; taga-Roma 16:6-7; I taga-Corinto 4:9; taga-Galacia 1:9; taga-Efeso 4:11; taga-Filipinos 2:25; I taga-Thesalonica 2:6). Dahil si Pedro ay pinangalanan nang hiwalay, ang sumunod na pangkat ay naipahiwatig. Ito ay rin ay maaari na ang isang pangkat (i.e., isa sa mga naghahati-hati) sa iglesiyang ito ay itinaas ang pagka-Apostol ni Pedro (cf. 1:12; 3:22).

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV, NIV "isang asawa na sumasampalataya"**
**TEV, NJB,**
**NEB "isang asawang Kristiyano"**

Sa Griyego mayroong isang dalawahang tambalan ng MGA PANGNGALAN, "isang kapatid na babae, isang asawang babes," na wikain para sa "isang sumasampalatayang asawa." Ang pangkasaysayang suliranin ay paano ito maiuugnay sa
1. mga babae na kasama ni Hesus at ang Apostolikong pangkat at tinulungan sila (cf. Mateo 27:55; Marcos 15:40-41)
2. ang babae na tinalakay sa 7:36-38 (i.e., isang anak na babae o isang kasamang birhen o isang kasintahan)

3. ang ministeryo ng mga maybahay ng mga pinuno ng iglesiya ay katulad ng mga diyakonesa sa taga-Roma 16:1 o ang "mga balo" ng mga Pastoral na sulat (cf. I Timoteo 3:11; 5:9-10)

Maaaring lahat ng orihinal na Labing-dalawa ay may asawa dahil pagiging binata ng mga Hudyo ay lubhang di-karaniwan. Ang mga Hudyo ay magpapakasal dahil sa kautusan sa Genesis 1:28; 9:1,7.

▣ **"gaya ng iba't ibang mga apostol"** Ang terminong "apostol" ay mayroong maraming kahulugan sa NT.

1. sila na tinawag ni Hesus at sumunod sa Kanya sa panahon ng Kanyang buhay sa mundo
2. si Pablo ay tinawag sa isang natatanging pangitain sa daan sa Damasco
3. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. taga-Efeso 4:11), na kinapapalooban ng maraming tao

Ang isyung tekstwal dito ay kung ano ang binubuo natin sa tala in Pablo.

1. ang natatabing mga apostol
2. ang kapatid na lalaki ng Panginoon
3. si Cefas
4. sina Bernabe at Pablo

▣ **"mga kapatid ng Panginoon"** Si Jerome (A.D. 346-420) ay naniniwala na ang mga ito ay mga pinsan ni Hesus; sinabi ni Epiphanio (A.D. 310-403) na sila ay mga anak mula sa nakaraang pag-aasawa ni Jose. Kapwa ang mga pagbibigay-kahulugang ito ay maliwanag na maiuugnay sa ang lumalagong pagpapalagay ng Romano Katoliko tungkol kay Maria at wala ito sa NT. Si Maria ay mayroon pang mga anak pagkatapos kay Hesus (cf. Mateo 12:26; 13:55; Marcos 6:3; Juan 2:12; 7:3,5,10; Mga Gawa 1:14; taga-Galacia 1:19).

Ipinapahiwatig nito na ang mga kapatid sa ina ni Hesus, na aktibo sa iglesiya, ay isinasaalang-alang sa pamumuno. Sa katunayan, isa sa mga kamag-anak ni Hesus ay pinuno ng Iglesiya sa Herusalem sa maraming salin-lahi, sa panahon ng unang siglo, simula kay Santiago.

▣ **"Cefas"** Ito ay ang Aramaikong anyo ng Griyegong *Petros*. Ito ay nangangahulugang isang malaking tipak o bato (cf. Mateo 8:14; Juan 1:42). Si Cefas ay may asawa (cf. Marcos. 1:30).

Tinatawag ni Pablo si Pedro na "Cefas" sa I taga-Corinto 1:12; 3:22; 9:5; 15:5 at taga-Galacia 1:18; 2:9. Ngunit sa taga-Galacia 2:7,8,11,14 siya ay tinawag niyang si Pedro. Tila walang teolohikong pagkakaiba, lalo pa, maaaring pampanitikang pagkakaiba. Siya ay tinawag na Pedro saanman sa mga Ebanghelyo maliban sa Juan 1:42.

Ito ay nakakawili na ang iglesiya ay gumawa ng maraming ugnayan sa pagitan ni Pedro (i.e., *Petros*) at "batong ito" (i.e., *petra*) sa Mateo 16:18. Si Hesus ay nagsalita sa Aramaikong at wala nga ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawang termino sa wikang iyan.

**9:6 "Bernabe"** Si Bernabe ay tinatawag ding isang apostol, na nagpapakita ng isang mas malawak na paggamit ng termino (cf. taga-Efeso 4:11) kaysa sa panimulang Labingdalawa lamang (cf. Mga Gawa 14:14, 18:5).

## NATATANGING PAKSA: SI BERNABE (BARNABAS)

I. Ang Lalaki
   A. ipinanganak sa Cyprus (cf. Mga Gawa 4:36)
   B. sa tribo (angkan) ni Levi (cf. Mga Gawa 4:36)
   C. pinalayawang "anak ng pagpapasigla" (cf. Mga Gawa 4:36; 11:23)
   D. isang miyembro ng iglesiya sa Herusalem (cf. Mga Gawa 11:22)
   E. siya ay may espiritwal na na mga kaloob ng isang propeta at guro (cf. Mga Gawa 13:1)
   F. tinawag na isang apostol (cf. Mga Gawa 14:14)

II. Ang Kanyang Gawain
   A. sa Herusalem
      1. ipinagbili ang kanyang ari-arian at ipinagkaloob ang lahat ng salapi sa mga Apostol upang tulungan ang mahihirap (cf. Mga Gawa 4:37)
      2. pinuno sa iglesiya sa Herusalem (cf. Mga Gawa 11:22)
   B. kasama si Pablo
      1. Siya ang isa sa mga unang nagtiwala sa kaligtasan ni Pablo (cf. Mga Gawa 9:27).
      2. Siya ay pumunta sa Tarsus nahanap si Pablo at isinama siya upang tumulong sa bagong iglesiya sa Antioch (cf. Mga Gawa 11:24-26).
      3. Ang iglesiya sa Antioch ay ipinadala sina Bernabe at Saul sa iglesiya sa Herusalem kasama ang mga ambag para sa mahihirap (cf. Mga Gawa 11:29-30).
      4. Sina Bernabe at Pablo ay tumungo sa kanilang unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 13:1-3)
      5. Si Bernabe ay ang pinuno ng pangkat sa Cyprus (ang kanyang lupang sinilangan), ngunit pagkatapos ay kinilala din ang pamumuno ni Pablo (cf. Mga Gawa 13:13)
      6. Sila ay nag-ulat sa iglesiya sa Herusalem upang ipaliwanag at itala ang kanilang gawaing pang-misyon sa mga

Hentil (cf. Mga Gawa 15, tinawag ang Konseho sa Herusalem).

7. Sina Bernabe at Pablo ay may unang pa pagtatalo patungkol sa mga pang-Hudyong kautusan sa pagkain at pakikipag-ugnayan sa mga Hentil na naitala sa taga-Galacia 2:11-14.
8. Sina Bernabe at Pablo nagplano ng pangalawang pang-misyong paglalakbay, ngunit isang pagtatalo ang nagsimula sa pinsa ni, si Juan Marcos (cf. taga-Colosas 4:10), na iniwan ang gawain sa unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 13:13). Si Pablo ay tumanggi na isama siya sa pangawalang pang-misyong paglalakbay, kaya nahati ang pangkat (cf. Mga Gawa 15:36-41). Ito ay nagbunga sa dalawang pangkat (i.e., Bernabe at Juan Marcos, at Pablo at Silas).

III. Tradisyon ng Iglesiya (Eusebio)
A. Si Bernabe ay isa sa pitumpu na pinadala ni Hesus (cf. Lucas 10:1-20).
B. Siya ay namatay bilang isang Kristiyanong martir sa kanyang sinilangang pulo, ang Cyprus.
C. Sinabi ni Tertullian na siya ang sumulat ng aklat ng mga Hebreo.
D. Sinabi ni Clemente ng Alexandria na siya ang sumulat ng di-kanonikong aklat na Sulat ni Bernabe.

▣

**NASB** **"ang walang karapatang magsitigil ng paggawa"**
**NKJV** **"na walang karapatang tumigil sa paggawa"**
**NRSV** **"na walang karapataing tumigil mulasa paggawa para mabuhay"**
**TEV** **"ang tanging gumagawa para sa ikakabuhay"**
**NJB** **"ang tanging walang karapatan na huminto sa paggawa"**

Ang mga rabbi nagpapahayag ng dangal ng manwal na paggawa. Ang lahat ng mga rabbi ay kailangang magkaroon ng isang sekular na trabaho dahil ito maituturing na makasalanan na tumanggap ng salapi para sa pagtuturo ng mga katotohanan ni YHWH (cf. Pirke Abot 1:13; 4:7). Pinili ni Pablo na hindi samantalahin ang kanyang karapatan bilang isang mangangaral of ang ebanghelyo (v. 18), maaaring dahil sa (1) kanyang pang-Hudyong pinagmulan o (2) mga atake nila na nag-aangkin na kanyang minanipula ang salapi ng mga tao (cf. Mga Gawa 20:33; II taga-Corinto 11:7-12; 12:14-18).

**9:7-14** Sa mga talatang ito, mayroong maraming halimbawa mula sa pang-araw-araw na buhay na ginamit bilang pagkakatulad sa pagpapakita ng kaangkupan ng mga mangagawa ng ebanghelyo na tumanggap ng isang sahod mula sa mga iglesiya na kanilang pinaglilingkuran (cf. taga-Roma 15:27): (1) isang sundalo, v.7; (2) isang may-ari ng ubasan, v. 7; (3) isang pastol, v. 7; (4) ang baka, v. 9; (5) isang nag-aararo at tagagiik, v. 10; (6) isang tagahasik, v. 11; at (7) isang saserdote, v. 13.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:8-14

**[8]Ang mga ito ba'y sinasalita ko ayon sa kaugalian lamang ng mga tao? o di ba sinasabi rin naman ang gayon ng kautusan? [9]Sapagkat ito ay nasusulat sa kautusan ni Moises, HUWAG MONG LALAGYAN NG BUSAL ANG BAKA PAGKA GUMIGIIK. Hindi ba magmamalasakit ng Diyos sa baka, [10]O sinasabi kayang tunay ito dahil sa atin? Oo, dahil sa atin ito sinulat: sapagkat ang nagsasaka ay dapat magsaka sa pagasa, at ang gumigiik, ay sa pagasa na makakabahagi. [11]Kung ipinaghasik namin kayo ng mga bagay na ayon sa espiritu, malaking bagay ba na aming anihin ang inyong mga bagay na ayon sa laman? [12]Kung ang iba ay mayroon sa inyong matuwid, hindi ba lalo pa kami? Gayon ma'y hindi namin ginamit ang matuwid na ito; kundi aming tinitiis ang lahat ng mga bagay, upang huwag kaming makahadlang sa ebanghelyo ni Kristo. [13]Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga nagsisipangasiwa sa mga bagay na banal, ay nagsisikain ng mga bagay na ukol sa templo, at ang mga nagsisipaglingkod sa dambana ay mga kabahagi ng dambana? [14]Gayon din naman ipinagutos ng Panginoon na ang mga nagsisipangaral ng ebanghelyo ay dapat mangabuhay sa pamamagitan ng ebanghelyo.**

**9:8**
**NASB** **"ayon sa kaugalian ng tao"**
**NKJV** **"gaya ng isang tao *lamang*"**
**NRSV** **"sa pangtaong awtoridad"**
**TEV** **"takdaan ang aking sariling sa ganitong mga pang-araw-araw na halimbawa"**
**NJB** **"karunungan ng mundo lamang"**

Ang Griyegong teksto ay may "hindi sang-ayon sa tao" (i.e., *anthrōpos*, which ay tumutukoy sa mga tao). Si Pablo ay gumagamit ng mga magkakasalungat na pariralang ito nang maraming beses (cf. 3:3; 9:8; 15:32; taga-Roma 3:5; taga-Galacia 1:11; 3:15). Ito ay kanyang pang-wikaing paraan ng pagsasalungat ng pangmundong paraan ng tao sa kanyang bagong paraan, na pinangungunahan ng Espiritu (i.e., katuruan ni Hesus o kabatiran ng Espiritu) ng pag-iisip at pagkilos.

**9:9 "ito ay nasusulat sa kautusan ni Moises"** Ang Hudyong paraan ng pagsasaayos ng katanungan ay may isang makapangyarihang sipi, kung maaari ay mula sa mga sulat ni Moises (i.e., Genesis - Deuteronomio); samakatuwid, sinipi ni Pablo ang Deuteronomio 25:4 (cf. I Timoteo 5:18).

## NATATANGING PAKSA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOSES

Ito ay mabuti at mula sa Diyos (cf. taga-Roma 7:12,16).

A. Ito ay hindi paraan sa katuwiran at pagtanggap ngDiyos (ito ay maaaring maging isang sumpa, cf. taga-Galacia. 3).

B. Ito pa rin ay kaloobaan ng Diyos para sa mga mananampalataya dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).

C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Mga Gawa 15; taga-Roma 4; taga-Galacia 3; Hebreo).

D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
   1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. taga-Galacia 3:15-29)
   2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
   3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikong pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moses. Sa *One Man in Christ*, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat sa Pablo:

> "Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga't maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . 'Ang kautusan ay banal' kanyang sinulat, 'Ako'y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob' (cf. taga-Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng *nomos* na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, 'Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. taga-Galacia 3:13)" (p. 26).

▣ **"HUWAG MONG LALAGYAN NG BUSAL ANG BAKA PAGKA GUMIGIIK"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Deuteronomio 25:4. Ang terminong "muzzle" ay *phimōsies,* na makikita sa Griyegong mga manuskrito P[46], א, A, B[3], C, D[b,c], K, L, P, at karamihan na nahuling minusckula ng mga manuskrito. Ito rin ang terminong ginamit sa sipi ni Pablo ng katulad na teksto sa I Timoteo 5:18.

Gayunman, ang mga patnugot ng UBS[4] ay kinatigan ang naiibang *kēmō*seis*,* na nangangahulugan din na "busalan," na matatagpuan sa sa MSS B*, D*, F, at G. Ang kanilang pangangatuwiran ay ang di-masyadong ginagamit na salita (maaaring isang balbal na termino) ay maaaring orihinal dahil ang iba ay inaasahang mula sa Septuagint at ang sipi sa I Timoteo, kaya bakit babaguhin ito ng isang eskriba? Ang terminong pinili bilang orihinal na walang pangkahulugang pagkakaiba, ngunit ito ay naglalarawan ng mga prinsipyong tekstwal kung saan ang mga makabagong kritikong tekstwal ay hinuhusgahan ang Koine Griyegong mga manuskrito na isang pagtatangka na maipanumbalik ang orihinal na pagpili ng salita ng orihinal na teksto (awtograp). Tingnan ang Dagdag-Dahon Dalawa.

## NATATANGING PAKSA: TEKSTUWAL NA KRITISISMO

Isang maikling paliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang kritisismo" o "tekstuwal na kritisismo."

A. Paano lumitaw ang mga kaibahan
   1. di-sinasadya o aksidental (malawak na karamihan ng mga paglitaw)
      a. kamalian sa mata
         (1) sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
         (2) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
         (3) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
      b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
      c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
   2. sinasadya
      a. ang mga pagbabago ay ginawa upang mapalago ang gramatikong anyo ng kinopyang talata
      b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga

talata (pagtutugma ng mga kaagapay)

c. ang mga pagbabago ay ginawa sa pagsasama ng dalawa o higit pang mga pagkakaiba sa pagbasa sa isang mahabang pinagsamang teksto (conflation)

d. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang inaakalang suliranin sa talata teksto (cf. Bart Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 146-50, patungkol sa Hebreo 2:9)

e. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (mga maaaring maganap sa pagsisipi)

1. ang karamihang di-akma o di-karaniwang panggramatikong teksto ay maaaring ang orihinal na dahil may pagkahilig ang mga eskriba na gawin mas makinis ang mga teksto
2. ang pinakamaikling teksto ay maaaring ang orihinal na dahil ang mga eskriba ay may pagkahilig na magdagdag ng karagdagang impormasyo o mga parirala mula sa magkakaagapay na talata
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. mga manuskrito na ay heographikong kaibahan ay kadalasang orihinal na pagbasa
5. mga pagtatangkang ipaliwanag kung paano nagkakaroon ng mga pagkakaiba (ito ay ipinagpapalagay na pinakamahalagang pinagsasaligan ng karamihang sa mga iskolar)
6. pag-aaral ng isang takdang uri ng panitikan, talasalitaan at teolohiya ng biblikal na may-akda ayginamit upang magpasya ang maaaring orihinal na salita.

Ang UBS[4] Griyegong teksto na ginamit ang pinaka-akademikong kalagayan ay isang kinahiligang teksto na pinag-sama-sama mula sa maraming sinaunang mga Griyegong manuskrito. Karamihang sa mga iskolar ay ipinagpapalagay na mahigit 97% ng orihinal na paggamit ng salita ng mga Awtograp ay natamo na.

▣

**NASB** **"Hindi ba magmamalasakit ang Diyos sa baka"**
**NKJV** **"HIndi ba pagmamalasakit ng Diyos ang baka"**
**NRSV** **"Sa baka ba talaga nag-aalala ng Diyos"**
**TEV** **"Ngayon, nag-aalala ba ang Diyos sa baka"**
**NJB** **"Tungkol ba sa baka ang pinagmamalasakitan ng Diyos"**

Ang mga talatang 9 at 10 ay ipinapakita kung paano ang isang OT teksto ay pinapalawak (i.e., upang kumuha ng katuturan o pag-aangkop) upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang bagong araw (cf. taga-Roma 4:23-24;15:4; I taga-Corinto 9:10; 10:6,11). Ang OT ay nagpapakita ng natatanging pagkalinga sa mga hayop (cf. Exodo 21:33,35; 27:10-13; 23:5,12; Duet. 5:14; 22:4). Si Hesus ay may binabanggit sa ganitong pag-aalaga ng mga hayop (cf. Lucas 13:15; 14:5, kung saan Kanyang ginamit ang "magaan at mabigat" na prinsipyong rabiniko). Hindi nito ipinapahiwatig na ang Diyos ay hindi nag-aaruga ng mga hayop, ngunit Siya rin ay nangangalaga sa mga tao, at sa kontekstong ito, sa mga mangagawa ng ebanghelyo (cf. I Timoteo 5:18). Ito ay katulad sa Mateo 6:26-34. Ginagamit ni Hesus ang pagtutustos ng Diyos sa kalikasan bilang isang paraan sa pagpapahayag ng probisyon ng Diyos sa sangkatauhan na kanyang nilikha sa Kanyang larawan. Ito ay isang karaniwang rabinikong pamamaraan na kilala bilang "mas kakaunti patungo sa lalong malaki" o "magaan at mabigat," na isa sa mga prinsipyo ni Hillel (cf. Aboth. de Rab. Nathan XXXVII at Tosefta Sanhedrin c. 7). Tandaan, si Gamaliel ay ang rabinikong guro ni Pablo (cf. Mga Gawa 5:34; 22:3). Tingnan ang Dagdag na Dahon Tatlo (Rabinikong Hermeneutics) sa Hebreo at www.freebiblecommentary.org.

**9:10**

**NASB** **"O sinasabi kayang tunay ito dahil sa atin? Oo, dahil sa atin ito sinulat"**
**NKJV** **"O sinasabi kaya Niya *ito* sa kabuuan para sa atin? Para sa ating kapakanan, walang alinlangan, *ito* ay nasusulat"**
**NRSV** **"O hindi Niya ba ito lubusang sinasabi para ating kapakanan? Ito ay talagang isinulat para sa ating kapakanan"**
**TEV** **"Talaga bang yan ang ibig Niyang sa sabihin nang sinabi Niya yan? Tiyak na ito ay isinulat para sa atin"**
**NJB** **"o hindi ba ito lubusang sinabi para sa ating kapakanan? Maliwanag na ito ay isinulat para sa ating kapakanan"**

Maraming beses na pinapahayag ni Pablo na ang OT ay isinulat bilang isang halimbawa para sa mga mananampalataya ng NT (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 9:10; 10:6,11). Ang rabinikong pagsasanay ni Pablo ay tinuruan siyang iangkop ang Kautusan sa mga pangkasalukuyang pangyayari. Dito, siya ay gumagamit ang rabinikong pangangatuwiran na tinatawag na "magaan at mabigat" o ang "mas kaunti patungo sa mas malaki."

Sa konteksto ng Deuteronomio 25:4, ang pag-aankop na ito ay maaaring di-kilala at di-kailangan. Ang hermeneutikong katanungan ay, "Si Pablo ba ay gumagamit ng orihinal na layunin ng kinasihang manunulat?" Ang sagot ay maliwanag, hindi! Ngunit siya ba ay gumagamit isang wastong pag-aangkop ng isang prinsipyo? Si Pablo ay kinasihan! Nakikita niya ang isang katotohana sa isang antas na di natin makita! Gayunman, hindi tayo kinasihan, ngunit tinatanglawan ng Espiritu. Ang mga

makabagong tagapagbigay na kahulugan ay di maaaring makagawang muli ng hermeneutikong pamamaraan ng mga may-akda ng NT. Samakatuwid, ito ay pinakamainam na hayaan silang magsalita, ngunit takdaan ang ating mga sarili sa pamamaraang pangkasaysayang-gramatikong, na naghahanap ng layunin ng orihinal na may-akda bilang siyang nagtatakda, ngunit pahintulutan ang maraming pag-aangkop na maiuugnay sa ang orihinal na layunin! Tingnan ang mga Natatanging Paksa, Illuminasyon at Inspirasyon, at ang simula ng I taga-Corinto 2.

**9:11 "Kung. . .kung"** Ang mga ito ay kapwa UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin.

Ang tunay katanungan ay kung sino ang ibang nag-aangkin ang karapatan na likumin ang suporta ng iglesiya sa Corinto? Sila ba ang mga naglalakbay na bulaang mangangaral o silang bahagi ng lokal na pamumuno? Ito ay maaaring tumutukoy sa ang ibang lokal na mga namumuno na hindi pinapayagan ang iglesiyang itayugod sila (cf. J. B. Phillips na salin).

▣ **"pinaghasik. . .aanihin"** Ang OT pang-agrikulturang kalagayan ng pag-ani ay naging isang espirituwal na principle (cf. Job 4:8; Kawikaan 22:8; Oseas 8:7; Haggai 1:6; Juan 4:37; I taga-Corinto 9:11; II taga-Corinto 9:6,10; taga-Galacia 6:7-9).

▣ **"mga bagay na ayon sa laman"** Ito ay sa literal ay *ta sarkika*, "ang mga makalamang bagay," ngunit hindi sa isang makasalanang kaunawaan, lalo pa sa isang pisikal na kaunawaan na kung saan ang mga tao ay kailangang manaliti sa mundong ito (i.e., tubig, pagkain, kanlungan, damit, atbp. cf. taga-Roma 15:27).

**9:12 "Kung"** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang ibang mga pinuno ay ginaganap ang karapatang (i.e., *exousia*) matustusan sa materyal na bagay.

▣ **"hindi ba lalo pa kami"** Ito ay isang pagkabanggit sa katotohanan na sinimulan ni Pablo ang iglesiyang ito. Siya ang kanilang espirituwal na ama (cf. 4:15). Ngayon, kanilang tinatanggihan ang kanyang espirituwal na rights (vv. 11,14; taga-Roma 15:27), ngunit pinahihintulutan ang iba na na huminga ng mga materyal na gatimpala.

▣ **"kundi aming tinitiis ang lahat ng mga bagay"** Ito ay isang matalinghagang paggamit ng Griyegong salita para sa "bubuong," na nangangahulugang "magtakip," "ikubli," o "tiisin" (cf. 13:7).

▣ **"makahadlang"** Ito ay isang malakas na panghukbong termino. Ang salita ay ginamit para sa pagwasak ng isang daan upang pigilin ang isang kaaway mula sa paggamit nito.

▣ **"sa ebanghelyo ni Kristo"** Ang terminong "ebanghelyo" sa literal ay "mabuting balita." Ito ay kinapapaloobang ng maraming aspeto.

1. ang panimulang masamang balita ng kasalanan at paghihimagsik ng sangkatauhan
2. mapagbiyayang pagtustos ng Diyos sa pagharap sa kasalananng tao (i.e., ang kamatayan ni Kristo)
3. ang bukas na paanyaya sa sinuman o lahat na tanggapin ang pagtutustos ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya

Ang mabuting balitang ito tungkol kay Hesus ay kinapapalooban ng tatlong aspeto.

1. Ito ay isang persona na tatanggapin (i.e., Hesus).
2. Ito ay mga katotohanan patungkol sa personang pananampalatayanan (i.e., ang NT).
3. Ito ay isang buhay na tinutularan ang personang iyan (i.e., ang buhay na kawangis kay Kristo).

Kung alinman sa tatlong aspetong ito humina ang ebanghelyo ay masisira!

**9:13 "nagsisipangasiwa sa mga bagay na banal, ay nagsisikain ng mga bagay na ukol sa templo"** Ito ay tumutukoy sa OT mga saserdote at mga Levita (cf. Levitico 7:6,8- 10,14,28-36; Deuteronomio 18:1). Ginagamit ni Pablo isang termino na ginamit sa Septuagint para sa gawaing pang-saserdote (cf. Bilang 3:7; 8:15) gayundin sa pangkalahatang gawain (cf. Genesis 2:5,15; 3:23; 4:2,12; 29:27). Nakita ni Pablo ang kanyang ministeryo sa ebanghelyo bilang pang-saserdoteng paglilingkod (cf. taga-Roma 15:16).

**9:14 "Gayon din naman ipinagutos ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa mga salita ni Hesus sa Mateo 10:10 at Lucas 10:7. Palaging sinusubukan ni Pablo na banggitin ang mga katuruan ni Hesus sa isang paksa kapag maaari.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:15-18

**[15]Nguni't ako'y hindi gumamit ng anoman sa mga bagay na ito: at hindi ko sinusulat ang mga bagay na ito upang
gawin ang gayon sa akin; sapagkat mabuti pa sa akin ang mamatay, kay sa pawalang kabuluhan ninoman ang aking
karangalan. [16]Sapagka't kung ipinangangaral ko ang ebanghelyo, ay wala akong sukat ipagmapuri; sapagkat ang
pangangailangan ay iniatang sa akin; sapagkat sa aba ko kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo. [17]Sapagka't kung**

**ito'y gawin ko sa aking sariling kalooban, ay may ganting-pala ako: nguni't kung hindi sa aking sariling kalooban, ay mayroon akong isang pamamahala na ipinagkatiwala sa akin. [18]Ano nga kaya ang aking ganting-pala? Na pagka ipinangangaral ko ang ebanghelyo, ay ang ebanghelyo ay maging walang bayad, upang huwag kong gamiting lubos ang aking karapatan sa ebanghelyo.**

**9:15 "Ngunit ako'y hindi gumamit ng anoman sa mga bagay na ito"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Si Pablo ay hindi tumanggap ng pagtutustos mula sa Corinto, maaaring dahil mayroon sa iglesiyang ito na ginagamit ang anumang bagay upang atakihin siya. Siya ay tumanggap ng salapi sa Filipos (cf. 4:15) at Thessalonica (cf. II taga-Corinto 11:9), ngunit kinalaunan lamang, hindi habang siya ay nandoon.

▣ **"sapagkat mabuti pa sa akin ang mamatay"** Anong isang malakas na pahayag na maiuugnay sa pagtanggap o pagtanggi sa pasahod. Mayroon ding isang gramatikong suliranin sa puntong ito na nagdulot ng maraming pagkakaiba sa Griyegong manuskrito. Si Pablo ay lubhang emosyonal sa paksang ito. Siya ay kumuha ng salapi at tulong mula sa Filipos (cf. taga-Filipinos 4:15) at Thessalonica (cf. II taga-Corinto 11:9), bakit hindi sa Corinto? Maliwanag na dahil sa siya personal na inaatake ng ilang pangkat, nagkakahati-hating grupo, o bulaang guro.

Mayroong isang pagbinbin sa kaisipan ni Pablo sa gitna ng pangungusap pagkatapos ng "kaysa." Pansinin kung paano ang NRSV at ang NET Bibliya ay naglagay ng gatlang, habang ang NJB ay naglagay ng tutuldok, na tinatangkang ipakita ang gramatikong pagtigil. Kung paanong ang pagtigil ay nakaapekto sa susunod na parirala ay di-tiyak. Ito ay tila siya ay he meant to assert that he would hindi take any money mula sa ang Corinthian iglesiya, ngunit he leaves ito unsaid! Ito ay isang highly emotional passage. Pablo ay hurting, reacting, pleading, hindi just teaching isang point. His buhay illustrates ang principle (i.e., lahat, everything, every time, with everyone for ang ebanghelyo, cf. II taga-Corinto 4:5-12; 6:3-13; 11:16-33)!

Ito ay so hard to interpret Pablo's letter when we do hindi have (1) ang letter ang iglesiya wrote to him o (2) specific knowledge about ang local situation.

**9:16 "kung. . .kung"** These ay kapwa PANGATLONG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, which mean potential action.

▣ **"ang pangangailangan ay iniatang sa akin; sapagkat sa aba ko kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo"** Pablo felt compelled to preach dahil of Kristo's natatanging call on ang road to Damasco (cf. Mga Gawa 9:15; taga-Roma 1:14). He ay like Jeremias of old (cf. Jeremias 20:9). He <u>had</u> to share ang ebanghelyo (cf. Mga Gawa 4:20).

**9:17 "kung. . .kung"** These ay kapwa UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, which ay assumed to be true mula sa ang may-akda's perspective o for his literary purposes.

▣ **"mayroon akong isang pamamahala na ipinagkatiwala sa akin"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Gospel workers have kapwa isang covenant privilege at isang awesome pananagutan (cf. 4:1; taga-Galacia 2:7; taga-Efeso 3:2; Colosas 1:25). Tingnan fuller note on stewardship at 4:1.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:19-23

**[19]Sapagkat bagaman ako ay malaya sa lahat ng *mga tao*, ay napaalipin ako sa lahat, upang ako'y makahikayat ng lalong marami. [20]At sa mga Hudyo, ako'y nagaring tulad sa Hudyo, upang mahikayat ko ang mga Hudyo; sa mga nasa ilalim ng kautusan ay gaya ng nasa ilalim ng kautusan, bagaman wala ako sa ilalim ng kautusan upang mahikayat ang mga nasa ilalim ng kautusan; [21]Sa mga walang kautusan, ay tulad sa walang kautusan, bagama't hindi ako walang kautusan sa Diyos, kundi nasa ilalim ng kautusan ni Kristo, upang mahikayat ko ang mga walang kautusan. [22]Sa mga mahihina ako'y nagaring mahina, upang mahikayat ko ang mahihina: sa lahat ng mga bagay ay nakibagay ako sa lahat ng mga tao, upang sa lahat ng mga paraan ay mailigtas ko ang ilan. [23]At ginawa ko ang lahat ng mga bagay dahil sa ebanghelyo, upang ako'y makasamang makabahagi nito.**

**9:19 "Sapagkat bagaman ako ay malaya sa lahat ng *mga tao*"** Ito ay ang pagbibigay-diin sa wastong Kristiyanong kalayaan (cf. 9:1; 10:29; taga-Galacia 5:13). Sinabi ni Marthin Luther, "Ang isang Kristiyano ay malayang panginoong sa lahat ng bagay at over lahat things at papailalim sa walang sinuman. Ang isang Kristiyano ay isang naglilingkod na alipin sa lahat ng bagay, papailalim sa lahat ng tao." Tingnan ang mga tala mula sa taga-Roma 14 at 15 at I taga-Corinto 6:12.

▣ **"napaalipin ako sa lahat"** Ito ay ang pagbibigay-diin sa wastong Kristiyanong pananagutan (cf. taga-Roma 14:1-15:13; II taga-Corinto 4:5). Dahil si Pablo ay isang alipin kay Kristo, siya ay isang alipin sa lahat na pinaglingkuran at iniligtas ni Kristo, kapwa ang mananampalataya at ang di-mananampalataya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Naglilingkod na Pamunuan sa 4:1.

▣ **"upang ako'y makahikayat ng lalong marami"** Ito ay ang terminong "makahikayat" (i.e., *kerdainō*). Ito ay ginamit sa magkakaibang kaunawaan sa NT. Sa kontekstong ito, ginagamit ni Pablo ang terminong sa isang pang-ebanghelyong

kaunawaan (cf. 9:19,20,21,22 at I Pedro 3:1). Ito ay ang wastong pang-ebanghelyong layunin para sa lahat ng ating pagkilos (cf. vv. 22-23). Ang kinukusang pag-ebanghelyo sa bawat bahagi ng ating buhay, hindi isang tiyak na pamamaraan, ay ang susi sa isang wastong pagtitimbang sa pagitan ng Kristiyanong kalayaan at Kristiyanong pananagutan.

**9:20** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng pagkusa ni Pablo. Ang pangunahing layunin ni Pablo ay paghahayag ng ebanghelyo (cf. vv. 20-23; 10:31-33). Samakatuwid, kanyang tinuli si Timoteo upang maglingkod sa mga Hudyo (cf. Mga Gawa 16:3), ngunit hindi tinuli si Tito (cf. taga-Galacia 2:3-5) upang hindi malagay sa alanganin ang kalayaan ng ebanghelyo sa mga Hentil.

▣ **"bagaman wala ako sa ilalim ng kautusan"** Ito ay nakakawili na ang Textus Receptus (i.e., kilala bilang ang Kanlurang Teksto), na kilala sa kanyang mga pagpapalawak na pagkahilig, ay hindi isinama ang maliwanag na orihinal na talatang ito. Ito ay matatagpuan sa Griyegong mga manuskrito $P^{46}$, א, A, B, C, D*, F, G, P at ang Vulgata, Syriac, Coptic, at Armenian na mga salin. Kailangan nating maiugnay ang mga salita ni Pablo sa mga salita ni Hesus sa Mateo 5:17-20. Hindi iniiwasan ni Pablo ang Kautusan ni Moises, ngunit tinitingnan ang tunay na katuparan nito kay Kristo. Ang Kautusan ay hindi ang kaparaanan ng kaligtasan, ngunit ito ay nananatiling (1) isang tunay na kapahayagan at (2) isang paglalarawan ng kalooban ng Diyos sa sangkatauhan sa lipunan. Ito ay gumaganap sa mauunlad na pagpapaging-banal , ngunit hindi sa pagpapawalang-sala. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:9.

**9:21 "kundi nasa ilalim ng kautusan ni Kristo"** Ito ay isang NT na paraan sa pagtukoy sa Bagong Kasunduan ng Jeremias 31:31-34. May maraming iba't-ibang paraan na ito ay binanghay nina Pablo at Santiago ("ang kautusang ng Espiritu ng buhay," taga-Roma 8:2; "ang kautusan ni Kristo," taga-Galacia 6:2; "ang ganap na kautusan, ang kautusan kalayaan," Santiago 1:25 at 2:12; "ang maharlikang kautusan," Santiago 2:8).

**9:22 "Sa mga mahihina ako'y nagaring mahina, upang mahikayat ko ang mahihina"** Ang kahulugan of "mahina" ay di-tiyak dito dahil ito ay ginamit na sa kontekstong ito para sa napakamasuri o mapamahiing Kristiyano (cf. 8:7,10). Ito ay maaaring maiugnay sa mapamahiing mga pagano (cf. v. 21). Ang salin ni Williams ay isinali ito bilang "lubhang napakamasuri," na isang mabuting pagsasalin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

▣ **"sa lahat ng mga bagay ay nakibagay ako sa lahat ng mga tao, upang sa lahat ng mga paraan ay mailigtas ko ang ilan"** Pansinin ang bilang ng "mga lahat" (i.e., forms of *pas*) sa pariralang ito. Ang panloob na sarili ni Pablo ay nagbagong-anyo mula sa pagiging makasarili patungo sa pagtuon sa ebanghelyo. Siya ay malaya upang maglingkod kay Kristo, maglingkod sa ebanghelyo, maglingkod sa kaharian (cf. taga-Roma 6:11; 7:4). Pagkalapat, pagkusa, at pag-ibig ay mahalagang aspeto ng buhay at ministeryo ni Pablo!

Ang isipan ni Pablo ay palaging nasa pag-ebanghelyo (cf. taga-Roma 11:14; I taga-Corinto 1:21; 7:16; 10:31-33; I Timoteo 1:15). Gayunman, ito ay malungkot na sabihin na ang huling parirala ay nagbibigay ng isang pahiwatig na karamihan ng nakapakinig sa kanya ay hindi tumugond sa pananampalataya sa kanyang mensahe. Kung bakit ang ilang ay nakadinig (may espirituwal na tainga) at ilang ay hindi, ay ang hiwaga ng eleksiyon at malayang pagpili!

**9:23** Ito ay isang buod na talata, isang paglipat na talata. Ito ay kasama ng vv. 19-22 o 24-27 o hiwalay. Ang talatang ito ay hindi nagtataguyod ng isang kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa. Si Pablo ay hindi naligtas dahil siya ay nag-ebanghelyo. Ginagawa niya ito dahil tinanggap niya ang ebanghelyo at nalalaman ang kapayapaan at kamadalian nito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:24-27

**24 Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga nagsisitakbo sa takbuhan ay tumatakbong lahat, nguni't iisa lamang ang tumatanggap ng ganting-pala? Magsitakbo kayo ng gayon; upang magsipagtamo kayo. 25 At ang bawat tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong walang pagkasira. 26 Ako nga'y tumatakbo sa ganitong paraan, na hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin ako'y sumusuntok, na hindi gaya ng sumusuntok sa hangin: 27 Nguni't hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: upang sa anomang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay hindi itakuwil.**

**9:25 "ang bawat tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay"** Si Pablo ay gumagamit ng mga pang-atletang talinghaga mula sa palarong Isthmiano na ginaganap sa Corinto kada dalawang taon. Ang pagbibigay-diin dito ay sa sukdulang pagpupunyagi na ginamit na mga naglalarong atleta, hindi walang siglang pagtatangka (cf. Heb. 12:1-3). Ang Kristiyanong ay hindi nakikipagtunggali upang manalo ng kaligtasan, ngunit dahil kanya nang naranasan ang kaligtasan. Tayo na ay nagwagi sa takbuhan kay Kristo, ngayon takbuhin natin ang takbuha para kay Kristo!

▣ **"isang walang pagkasira"** Ang mga nagwagi sa palarong pampalakasang sa Corinto ay nakatanggap ng korona ng pino (sa Athenas, isang koronang olibo; sa Delphi, isang koronang laurel), na malalanta kinalaunan. Ang mananampalataya ay tatanggapin ang putong (korona) ng (1) kagalakan (cf. I taga-Thesalonica 2:19); (2) katuwiran (cf. II Timoteo 4:8); (3) buhay (cf.

Santiago 1:12; Pahayag 2:10); at (4) kaluwalhatian (cf. I Pedro 5:4). Ang mga koronang ito ay hindi kukupas. Dapat bang mas kaunti ang pangako at kasigasigan ng mga mananampalataya kaysa sa mga atleta? Sila ay nagpupunyagi para sa hindi magtatagal. Tayo ay magpupunyagi sa kung ano ang hindi kukupas!

**9:26-27 "Ako'y tumatakbo. . .ako'y sumusuntok. . .sumusuntok"** Ito ay mga pang-atletang talinghaga upang ilarawan ang pangangailangan para sa mahigpit na pagtitimpi sa sarili at disiplina. Ang Kristiyanong buhay ay may ilang mga alituntunin at mga kinakailaangang. Ang mga ito ay naiuugnay sa gantimpala, hindi sa kaligtasan. Si Pablo ay nalulugod sa mga palarong kaganapan ng kanyang panahon, ginagamit niya sila kadalasan bilang mga talinghaga para sa Kristiyanong pamumuhay.

## NATATANGING PAKSA: MGA ANTAS NG MGA KATIMPALA AT KAPARUSAHAN

A. Ang nararapat o di-nararapat na pagtugon sa Diyos ay batay sa kaalaman. Ang mas kaunti na kaalaman meron ang isa, mas kaunti ang pagiging responsable mayroon siya. Ang kabaliktaran ay totoo rin.

B. Kaalaman sa Diyos ay nagmumula sa dalawang pangunahing mga paraan
   1. nilikha (cf. Mga Awit 19; taga-Roma 1-2)
   2. Kasulatan (cf. Mga Awit 19, 119; ang ebanghelyo)

C. Katibayan sa OT
   1. mga pabuya
      a. Genesis 15:1 (madalas inuugnay sa makamundong pabuya, lupain mga anak)
      b. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsunod ay nagdadala ng pagpapala)
      c. Daniel 12:3
   2. kaparusahan
      a. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsuway ay nagdadala ng sumpa)
   3. Ang OT tularan ng pabuya para sa personal, tipanang katuwiran ay binago dahil sa kasalanan ng tao. Ang modepikasyong ito ay makikita sa Job at Awit 73. Ang NT ay binago ang pokus mula sa mundong ito tungo sa kasunod (cf. ang Sermon sa Bundok, Mateo 5-7).

D. Katibayan sa NT
   1. mga pabuya (higit sa kaligtasan)
      a. Marcos 9:41
      b. Mateo 5:12,46; 6:1-4,5-6,6-18; 10:41-42; 16:27; 25:14-23
      c. Lucas 6:23,35; 19:11-19,25-26
   2. kaparusahan
      a. Marcos 12:38-40
      b. Lucas 10:12; 12:47-48; 19:20-24; 20:47
      c. Mateo 5:22,29,30; 7:19; 10:15,28; 11:22-24; 13:49-50; 18:6; 25:14-30
      d. Santiago 3:1

E. Para sa akin ang tanging analohiya na nagbibigay ng kahulugan ay mula sa opera. Hindi ako nakakapanood ng presentasyon ng opera kaya hindi ko sila nauunawaan. Habang lalo kong nalalaman ang hirap at masalimout ng plot, musika, at sayaw, mas higit kong napapahalagahan ang pagtatanghal. Ako ay naniniwala na ang langit ay magpupuno sa ating mga tasa, ngunit aking naisip na ang ating pangmundong paglilingkod ay magdedetermina ng sukat ng tasa.

   Samakatuwid, ang kaalaman at ang pagtugon sa kaalaman ay nagreresulta sa mga pabuya at mga kaparusahan (cf. Mateo 16:7; I taga-Corinto 3:8,14; 9:17,18; taga-Galacia 6:7; II Timoteo 4:14). Mayroong isang espiritwal prinsipyo—ating naaani auman ang ating itinatanim! Ang ilan ay nagtatanim ng mas higit at nag-aani ng mas higit (cf. Mateo 13:8,23).

F. "Ang korona ng katuwiran" ay nasa atin batay sa natapos na gawa ni Hesukristo (cf. II Timoteo 4:8), ngunit pansinin na "ang korona ng buhay" ay konektado sa pagtitiis sa ilalim ng pagsubok (cf. Santiago 1:12; Pahayag 2:10; 3:10-11). Ang "korona ng kaluwalhatian" para sa Kristyanong mga pinuno ay konektado sa kanilang pamumuhay (cf. I Pedro 5:1-4). Nalalaman ni Pablo na siya ay may di-mawawala na korona, ngunit siya ay nag-eehersisyo ng labis na pagkontrol sa sarili (cf. I taga-Corinto 9:24-27).

   Ang misteryo ng buhay Kristyano ay ang ebanghelyo ay walang alinlangang libre ayon sa natapos na gawa ni Kristo, ngunit tayo ay dapat na tumugon sa inaalok ng Diyos kay Kristo, dapat din tayong tumugon sa pagpapalakas ng Diyos para sa buhay Kristyano. Ang buhay Kristyano ay kasing supernatural gaya ng sa kaligtasan, subalit dapat nating tanggapin ito at panghawakan ito. Ang libre-ngunit-naggugol-ng-lahat na kabalintunaan ay ang misteryo ng mga pabuya at pagtatanim/pag-aani.

   Tayo ay hindi iniligtas sa pamamagitan ng mabuting mga gawa, para sa mabubuting mga gawa (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang mabubuting mga gawa ay ebidensya na Siya ay ating nakatagpo (cf. Mateo 7). Ang tao ay may merito sa lugar ng kaligtasan na nagdadala sa destruksyon, ngunit ang makadiyos na pamumuhay ay nagreresulta mula sa kaligtasan ay may pabuya.

**9:27 "hinahampas ko ang aking katawan"** Ang terminong ito, hinahampas, sa literal ay tumutukoy sa paghampas sa mukha sa baba lang ng mata. Ito ay ginamit na matalinghaga sa Lucas 18:5.

Si Pablo ay seryoso patungkol sa pagpipigil sa sarili sa Kristiyanong buhay. Ang katawan ay hindi masama, ngunit ito ay ang lugar ng digmaan sa panunukso. Kung ang mga mananampalataya ay hindi napipigil ang laman/katawan, ito ang mamamahala sa kanila (cf. taga-Roma 8:1-11). Ito ay hindi isang madaling minsanang tagumpay, ngunit isang mahabang takbuhin ng pagtitimpi sa sarili para sa layunin ni Kristo. Ang pagtitimpi sa sarili ay ang huling kagalingan ng bunga ng Espiritu sa taga-Galacia 5:23.

Ang terminong "katawan" (*sōma*) ay tumutukoy buong pagkatao ni Pablo. Ito ay hindi isa sa tatlong aspeto ng sangkatauhan. Ito ay kadalasang kumakatawad sa buong pagkatao (cf. 7:4; 13:3; taga-Roma 12:2; taga-Filipinos 1:20). Ang Bibliya ay ipinapakilala ang sangkatauhan bilang isang kaisahan (cf. Genesis 2:7), hindi isang paghihiwalay sa dalawa o tatlong bahagi (cf. George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, pp. 464-466. Tingnan fuller note at 7:34.

**NASB, NKJV** **"upang sa anumang paraan. . . ako rin ay hindi itakuwil"**
**NRSV** **"Ako sa aking sarili ay hindi matakuwil"**
**TEV** **"upang mapanatili ang aking sarili mula sa pagkawala ng karapatan"**
**NJB** **"Ako, ang aking sarili ay maaaring itakuwil"**

Ang terminong ito "itakuwil" ay isang talinghagang maiuugnay sa paglabag ng mga kautusan sa larong pampalakasan at sa gayon ay walang kakayahang magwagi sa paligsahan (cf. I Timoteo 6:12; II Timoteo 4:7). Ito ay mula sa salintang-ugat na "subukin" na may pananaw tungo sa pagsang-ayon (i.e., *dokimazōi*), ngunit may ALPHA PRIVATIVE, tinatanggi ito (cf. II taga-Corinto 13:5).

Ito ay hindi tumutukoy sa kaligtasan ni Pablo (bagaman ito ay ginamit sa kaunawang ito sa II Timoteo 3:8); kahit na sa nakaraang tala ay maaari (cf. vv. 19-23). Ito ay maaaring lumabag ng napakaraming ibang pang-doktrinang talata ni Pablo, lalo na sa taga-Roma at taga-Galacia. Tinatalakay ni ang talatang ito na may takot na itakuwil at itanggi bilang bilang isang tagapamahayag ng ebanghelyo. Ang NT ay nagtatala ng marami na naalisan ng karapatan o naitakuwil (cf. I taga-Corinto 15:12; I Timoteo 1:20; II Timoteo 4:10). Ninanais ni Pablo ang bunga ng ebanghelyo mula sa mga nagbagong-loob at mga iglesiya.

Ang pagsasanay ng mga batang lalaki para sa mga Griyegong palaro ay nabanggit sa (1) *Ars Poetica*, 412 at (2) *Ad Martyres*, 3. Kinakailangan nito ang sampung buwan ng walang tigil na pisikal, pandiyeta, panlipunang pagbabawal at pamumuhay. Ngunit mayroon pang isang mabisang paraan sa pagtingin ng tekstong ito (cf. *Hard Sayings of the Bible*, nina Kaiser, Davids, Bruce at Branch):

> "Sa pagsusulat, ang mga may-akda ay natuklasan ang pagtitimbang na matatagpuan saanman sa Bagong Tipan. Ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay isinusulat ang isang karanasan ng biyaya ni Kristo at isang matibay na paniniwala na sila ay nasa kanilang daan sa isang mas dakilang mamanahin sa langit. Sa panahon ding ito, sila ay sumusulat na may isang pag-aalala na sila o kanilang mga mambabasa ay maaaring tumalikod sa pananampalataya at samakatuwid ay mawala kung ano na ang kanilang taglay. Habang ang tao ay patuloy na sumusunod kay Kristo, kung gayon ag mga may-akda ng Bagong Tipan ay hindi nagpahayag ng anumang pag-asa na kapag walang pagsisisi, ang mga taong ito ay makakapasok sa langit. Ito ay isang mahinahon, ngunit hindi isang nakakapagpatakot, na uri ng pag-iigting na nakita kay Pablo (I taga-Corinto 9:27; taga-Galacia 5:2, 7-10; taga-Filipos 3:12; 2 Timoteo 4:7, minsan, nagsasalita ng pag-iigting sa kanyang sariling buhay at minsan, nagsasalita ng kanyang pagmamalasakit para sa iba), Santiago (Santiago 5:20, ang layunin ng sulat na upang 'maligtas [isang makasalanan, nangangahulugan na isang mananampalataya na bumalik sa mundo] mula sa kamatayan'), Judas (Judas 23) at Juan (I Juan 5:16-17 KJV, ang pagbibigay-diin sa pagpapanalangin para sa mga tao bago sila makagawa ng 'kasalanng ukol sa kamatayan'). Ang panawagan sa makabagong mambabasa ay magbigay-pansi sa babala at 'tularan silang sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiis ay mamanahin kung ano ang ipinangako' (Hebreo 6:12) upang ang may-akda ay masasabi sa atin ang ganito, 'Tayo ay nakakatiyak ng mas mabubuting bagay sa kalagayan ninyo—mga bagay na kasama sa kaligtasan'" (p. 683).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paaano maiuugnay ang kabanata 9 sa kabanata 8?

2. Tama ba na ang isang mangangaral ay tumanggap ng pagtaguyod mula sa iglesiya? Kung oo, bakit hindi pinahintulutan ni Pablo ang iglesiyang ito na itaguyod siya?
3. Paano kikilos si Pablo kikilos nang iba sa iba't-ibang mga pangkat at hindi maituring na mapagkunwari?
4. Sa mga talatang 24-27 ang pang-atletang talinghaga ay binigyang-diin. Paano maiaangkop ang talinghagang ito sa ating Kristiyanong pamumuhay?

# I MGA TAGA-CORINTO 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Pagkaing Inalay sa mga Bulaang Diyos |
| | | | | (8:1-11:1) |
| Babala laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan | Mga Halimbawa sa Lumang Tipan | Isan Babala laban sa Labis na Pagtitiwala sa Sarili | Babala laban sa mga Diyus-diyosan | Isang Babala at mga Aral sa Kasaysayan ng Israel |
| 10:1-13 | 10:1-13 | 10:1-5 | 10:1-5 | 10:1-13 |
| | | 10:6-13 | 10:6-10 | |
| | | | 10:11 | |
| | Umiwas sa Pagsamba sa Diyus-diyosan | Pag-aangkop: Mga Handog sa mga Diyus-diyosan | 10:12-13 | Mga Sakripisyong Pista: Walang Pagkakasundo sa Pagsamba sa Diyus-diyosan |
| 10:14-22 | 10:14-22 | 10:14-22 | 10:14-17 | 10:14-22 |
| | | | 10:18-22 | |
| Gawin ang Lahat para sa Kaluwalhatian ng Diyos | Lahat para sa Kaluwalhatian ng Diyos | Mga Prinsipyo: Ating Kala-yaan at Pananagutan sa Iba | | Pagkaing Inalay sa mga Diyus-diyosan: Praktikal na mga Kalutasan |
| 10:23-11:1 | 10:23-11:1 | 10:23-30 | 10:23-24 | 10:23-11:1 |
| | | | 10:25-26 | |
| | | | 10:27-29a | |
| | | | 10:29b-30 | |
| | | 10:31-11:1 | 10:31-11:1 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 10:1-11:1

A. Ang mga Kabanata 8 hangang 10 ay mahalagang naiugnay sa kanilang pagtatangkang magdala ng pagtitimbang (balanse) sa pagtalakay ng Kristiyanong kalayaan laban sa Kristiyanong pananagutan sa pag-ibig. Si Pablo ay hindi tumutuon sa mga mabagsik at mabibilis na alituntunin, ngunit sa pagiging-una ng interpersonal ng mga ugnayan na nagpapalakas sa mga mananampalataya at naglalapit sa mga di-mananampalataya kay Hesus.

B. Ang pagtalakay ni Pablo ng hapunan ng Panginoon, simula sa v. 14 at nagpapatuloy hanggang v. 22, ay isang paunang paglalarawan ng mas buong pagtalakay sa 11:17-34.

C. Maaaring nagpapahayag si Pablo sa mga "mahihinang" mananampalataya sa vv. 14-22 at "malakas" na mga mananampalataya sa vv. 23-33. Kung hindi ito ang balangkas, ang isa ay magtataka kung paanong ang dalawang talata ay hindi magsasalungatan sa bawat-isa: vv. 14-22, huwag kakain ng inialay ng pagkain; vv. 23-33, kumain kung walang nag-uusisa. Maaaring ang una ay tumutukoy sa isang pangmadlang pagkain sa isang paganong templo at ang pangalawa ay isang pribadong pagkain sa tahanan.

D. Ang United Bible Societies, *Handbook on Pauls's First Letter to the Corinthians*, nina Ellingworth at Hatton ay may isang nakakawiling balangkas sa vv. 1-13.

"Ang pangkalahatang balangkas ay ang sumusunod:

I. Panimula—talata 1a.

II. Mga Paayong Aspeto.

  A. Apat na paayong halimbawa mula sa Lumang Tipan—mga talatang 1b-4a—ang huling halimbawa ay pinalaki sa talata 4b.

  B. Mga konklusyon na hinango mula sa ang mga paayong halimbawa—talata 5.

  C. Pag-aangkop sa mga mambabasa—talata 6a.

III. Mga Pasalungat na Aspeto.

  A. Limang Pasalungat na halimbawa mula sa Lumang Tipan—mga talatang 6b-10.

  B. Pag-aangkop sa mga mambabasa—mga talatang 11-13.

Ang salitang **lahat** ay inulit nang limang beses sa mga talatang 1-4, nagbibigay nang malaking pagbibigay-diin sa katotohanan na ang baya ng Israel ay kabahagi sa proteksyon at mga pagpapala ng Diyos sa panahon ng exodo at ang mga sumunod na taon sa paglalagalag sa ilang. **Lahat** ay sumasalungat sa **karamihan sa kanila** sa talata 5 at sa **ilan sa kanila**, na inulit nang apat na beses sa mga talatang 7-10" (p. 214).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1-5

**1 Sapagkat hindi ko ibig mga kapatid, na di ninyo maalaman, na ang ating mga magulang ay nangapasa ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat; 2 At lahat ay nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat; 3 At lahat ay nagsikain ng isang pagkain ding ayon sa espiritu; 4 At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagkat nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay si Kristo. 5 Bagaman ang karamihan sa kanila ay hindi nakalugod sa Diyos; sapagkat sila'y ibinuwal sa ilang.**

**10:1 "Sapagkat hindi ko ibig mga kapatid, na di ninyo maalaman"** Ang pariralang ito ay isang pampanitikan pamamaraan na madalas gamitin ni Pablo upang simulan ang silang konklusyon (cf. taga-Roma 1:13; 11:25; I taga-Corinto 10:1; 12:1; II taga-Corinto 1:8; I taga-Thesalonica 4:13).

▣ **"ating mga magulang"** Ito ay nagpapakilala ng (1) isang nananampalatayang Hudyong sangkap sa Iglesiya o (2) mga Hentil sa NT na naging kadugtong sa natural na puno ng olibo, Israel (cf. taga-Roma 10; taga-Galacia 6:16), at ngayon ay isa kay Kristo (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

▣ **"lahat. . .lahat"** Ang napapabiglang terminong ito (i.e., *pantes*) ay ginamit nang dalawang beses sa v. 1 at minsan sa vv. 2,3, at 4. Ito ay isang paraan upang bigyang-diin ang pagkakaisa ng lahat ng Israelita sa karanasan ng biyaya at kahatulan ng Diyos, na tinatawag na Yugto ng Paglalagalag sa Ilang (i.e., Bilang).

▣ **"ng alapaap"** Ito ay tumutukoy sa natatanging simbolo ng presensiya ni YHWH. Ito ay tinatawag ng mga rabbi na *shekinah* ulap ng kaluwalhatian (cf. Exodo 13:21-22, 14:19). Ang Hebreong salitang *shekinah* ay nangangahulugang "manirahan." Si

YHWH ay kasama ng Kanyang bayan sa panahon ng yugtong ito ng paghatol sa napakalapit at mapagkalingang paraan, na ang mga rabbi ay nagsimulang tawagin ito na “pulut-gata” na yugto sa pagitan ni YHWH at Israel.

▣ **“ang lahat ay nagsitawid sa dagat”** Ito ay isang pagkabanggit sa paghati ni YHWH ng Pulang (sa literal ay “tambo” o “damo”) Dagat. Ngayon, ang mga iskolar ay di-tiyak sa kung anong partikular na katawan ng tubig ang tumutukoy dito. Ang parehong termino, *yam suph* ay ginamit sa OT upang tumukoy sa (1) Golpo ng Aqaba (cf. Exodo 21:4; Deuteronomio 2:1; I Mga Hari 9:26; Jeremias 49:21) o (2) ang Karagatang Indyan. Tila ito ay tumutukoy sa isang mahiwagang tubig sa timog. Ito ay nakakawili na ang “tubig” ay hindi sinabing nilikha ng Diyos sa Genesis 1. Madalas na ang mga kathang kwento ng paglalang sa Mesopotamia ay nagpapahayag ng mga tubig (i.e., alat at tabang) bilang mga diyos na nagnanais ng pagkawasak ng mga tao. Iniligtas ni YHWH ang Kanyang bayan mula sa kaguluhan ng tubig at pagkatalo.

## NATATANGING PAKSA: ANG DAGAT NA PULA

I. Pangalan
   A. Sa literal, ang pangalan ay *Yam Suph*.
      1. “Dagat ng mga Damo” o “Dagat ng mga Tambo” (Ehiptong ugat)
      2. “Dagat sa dulo (ng mundo)” (Semitikong ugat)
   B. Ito ay maaaring tumukoy sa
      1. Tubig alat, I Mga Hari 9:26 (Golpo ng Aqaba); Jonas 2:5 (Karagatan ng Mediteraneo)
      2. Tubig tabang, Exodo 2:3; Isaias 19:26
   C. Ang Septuagint ay ang unang salin na tumawag ditong “ang Dagat na Pula.” Maaaring ang mga tagapagsalin ay inuugnay ito sa dagat ng Edom (pula). Ang pagkakatawag na ito ay ipinagpatuloy ng Latin Vulgata at sumunod ang King James na saling Ingles.

II. Kinaroroonan
   A. Mayroong maraming katawan ng tubig na tumutukoy sa ganitong pangalan:
      1. Ang makipot na katawan ng tubig sa pagitan ng Ehipto at Sinai peninsula na halos 190 milya ang haba (Golpo ng Suez)
      2. Ang katawan ng tubig sa pagitan ng Sinai peninsula at Arabia na halos 112 milya ang haba (Golpo ng Aqaba)
   B. Ito ay maaaring maiugnay sa mababaw na latian sa hilagang-silangang bahagi ng delta ng Nilo na malapit sa Tanis, Zoan, Avaris, Rameses, na nasa katimugang baybayin ng Lawa ng Menzaleh (ang latiang rehiyon).
   C. Ito ay maaaring magamit na matalinghaga ng mga mahiwagang mga tubig sa timog, na madalas na ginagamit na dagat sa dulo (ng mundo). Nangangahulugan ito na maaaring tumukoy sa
      1. makabagong Dagat na Pula (Golpo ng Suez o Golpo ng Akaba, cf. I Mga Hari 9:26)
      2. Karagatang Indyan (cf. Herodotus 1.180)
      3. Golpo ng Pesya (cf. Josephus, *Antiq.* 1.7.3)

III. *Suph* sa Mga Bilang 33
   A. Sa Mga Bilang 33:8, ang katawan ng tubig na mahimalang nahati ay tinatawag na *suph*.
   B. Sa Mga Bilang 33:10,11 ang mga Israelita ay sinasabing nagkampo sa *yam suph.*
   C. Mayroong dalawang magkaibang katawan ng tubig.
      1. Ang una ay hindi ang Dagat na Pula (Golpo ng Suez)
      2. Ang pangalawa ay maaaring ang Dagat na Pula (Golpo ng Suez)
   D. Ang salitang *suph* ay ginagamit sa OT sa tatlong magkakaibang paraan.
      1. Ang katawan ng tubig na hinati ni YHWH upang pahintulutan ang mga Israelita na dumaan, ngunit ang mga sundalong Ehipsyo ay nalunod
      2. Ang hilagang-kanlurang karugtong ng Dagat na Pula (Golpo ng Suez)
      3. Ang hilagang-silangang karugtong ng Dagat na Pula (Golpo ng Akaba)
   E. *Yam suph* ay maaaring hindi nangangahulugang “tambong dagat” dahil
      1. Walang mga tambo (papyrus) sa Dagat na Pula (tubig alat)
      2. Ang ipinapalagay ng Ehipsyong etimolohiya ay tumutukoy sa isang lupain, hindi isang lawa
   F. *Suph* ay maaaring nanggaling sa Semitikong ugat na “dulo” at tumutukoy sa mahiwagang di-kilalang mga tubig sa timog (tingnan si Bernard F. Batts, “Red Sea o Reed Sea? What *Yam Suph* Really Means” in *Approaches to the Bible*, tomo 1, pp. 291-304).

**10:2 “ay nangabautismuhan kay Moises”** Ang Griyegong mga manuskrito ay magkaiba sa pagitan ng BALINTIYAK NA TINIG (i.e., MSS א, A, C, D) at PANGITNANG TINIG (i.e., MS B). Ito na tila sa akin ay PANGITNANG TINIG ay nararapat sa konteksto na nagbibigay-diin sa kusang pagpapasiya ng mga Israelita na sumunod kay Moises at ang pangkasaysayang katotohanan na ang bautismo ng Hudyong nanampalataya ay ginawa sa sarili. Ito ay isang di-karaniwang parirala, na matatagpuan lamang dito NT. Ito ay nagpapahiwatig ng isang pag-agapay sa pagitan ng pananagutan at tanging karapatan ng Mosaikong kasunduan, at ating

bagong kasunduan kay Kristo; kapwa ay mula sa Diyos at sa ilang pagkakataon ay magkatulad. Dito, ang bautismo ay ginamit bilang isang simbolo para sa isan na sumusunod.

Mayroong isang rabinikal na tradisyon na maibabalik kay Hillel (cf. b Ker 9a; bYeb 46a) na nag-uugnay sa nanampalatayang bautismo sa pangyayari sa Dagat na Pula. Tingnan si Richard N. Longenecker, *Biblical Exegesis in the Apostolic Period*, pp. 102-103.

**10:3 "pagkain ding ayon sa espiritu"** Ito ay tumutukoy kapwa sa mana (cf. Exodo 16) at pugo (cf. Exodo 16:13; Bilang 11:31-32), na higit sa karaniwang pagtutustos ng Diyos sa yugto ng paglalagalak sa ilang.

**10:4 "inumin ding ayon sa espiritu"** Ito ay tumutukoy sa mahimalang pagtutustos ng tubig (Exodo 17:6; Bilang 20:8ff).

▣ **"nagsiinom sa batong ayon sa espiritu"** Ang Bato ay isang titulo para kay YHWH sa OT na nagbibigay-diin sa Kanyang kalakasan at pamamalagi (cf. Deuteronomio 32:4,15; Mga Awit 18:2; 19:14). Ito rin ay ginamit sa Messianikong Kaharian bilang isang mapangwasak na pwersa (cf. Daniel 2:45).

▣ **"na sumunod sa kanila"** Ang mga ito ay tila tumutukoy sa isang rabbinikong alamat batay sa Exodo 17:6 at Bilang 20:11ff, na ang bato ay sumusunod sa mga Israelita at na ito ay ang Mesias. Ang tradisyong ito ay tiyakang nabanggit sa Koran.

▣ **"at ang batong yaon ay si Kristo"** Ito ay isang rabinikong tipolohiya (ang pagsasatao ng bato ay maaaring nagmula sa Bilang 21:17 o Deuteronomio 32:4,15,18,30, cf. Targum Onkelos sa Bilang 21). Ang Diyos ay nagkaloob ng tubig na nagbibigay-buhay sa yugto ng paglalagalag sa ilang. Nakikita ni Pablo ang isang paghahalintulad sa pagitan ng pagtutustos ng Diyos noon at pagbibigay buhay na pagtutustos ng ngayon. Ang teolohiya ni Pablo ay nakita si Kristo na umiiral bago pa man ang paglalang at bilang ang kinatawan ng Ama sa buhay at pagpapala. Si Hesus ay palaging lubusang pagtutustos at pinakadakilang pagpapala sa Diyos Ama.

**10:5 "Bagaman"** Ito ay ang Griyegong *alla*, na nagpapakita ng isang malakas na pag-iiba. Tingnan ang Mga Kaisipang Kontekstwal, D.

▣ **"ang karamihan sa kanila ay hindi nakalugod sa Diyos"** Ito ay isang nakakapanghuling-atensyon na maliit na pahayag: lahat ngunit dalawa sa salin-lahi ay namatay. Tanging silang mababa sa dalawampung taong gulang (i.e., hindi pa sapat na taon na makasama sa hukbo) at Joshua at Caleb (i.e., ang dalawang espiya na nagdala ng isang paayong pananampalatayang ulat) ang pumasok sa Ipinangakong Lupain (cf. Judas v. 5).

▣ **"sila'y ibinuwal sa ilang"** Ang salitang ito ay nagpapahiwatig na kanilang mga buto ay nakalat sa daan sa disyerto (cf. Bilang 14:16). Sila ang piniling bayan ng Diyos, ngunit Kanyang hinatulan ang kanilang kawalan ng pananampalataya. Ang mga OT mga mananampalataya ay nakita na malahimalang pagtutustos ng Diyos. Nalalaman nila ang kanilang kalooban sa pamamagitan ng kanilang mga pinuno na pinagkaloob ng Diyos (i.e., Moises, Aaron, at Miriam), ngunit patuloy silang kumilos sa kanilang kawalan ng pananampalataya at paghihimagsik (cf. Hebreo 3-4).

Si Pablo ay nagbigay lamang ng kaniyang sariling walang pagod na pagpupunyagi at pagpipigil sa sarili (cf. 9:24-27). Sa kabanata 11, siya ay nagbabanggit sa kanila na sumusubok na ihiwalay ang teolohikong kaalaman mula sa maka-Diyos na pamumuhay (i.e., mga Gnostiko at ibang mga intelektwal). Kahit na ang karaniwang pagsasamang hapag ng pagkain (i.e., ang pistang *agape*) ay hindi makakain ng mga di maka-Diyos na mananampalataya (cf. 11:27-32). Ang pisikal na kamatayan ay maaaring isang temporal, maka-Diyos na hatol na nararanasan ng mga masuwaying mga mananampalataya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:6-13

**[6]Ang mga bagay na ito ngayon ay pawang naging mga halimbawa sa atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa. [7]Ni huwag din naman kayong mapagsamba sa mga diyus-diyosan, gaya niyaong ilan sa kanila; ayon sa nasusulat, Naupo ang bayan upang magsikain at magsiinom, at nagsitindig upang magsipagsayaw. [8]Ni huwag din naman tayong makiapid, na gaya ng ilan sa kanila na nangakiapid, at ang nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo. [9]Ni huwag din naman nating tuksuhin ang Panginoon, na gaya ng pagkatukso ng ilan sa kanila, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga ahas. [10]Ni huwag din kayong mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan sa kanila na nangagbulungan, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga mangwawasak. [11]Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon. [12]Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo, magingat na baka mabuwal. [13]Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong kayang matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Diyos, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis.**

**10:6 "ngayon"** Ang NRSV, TEV, at JB tinatandaan din ang isang bahagi ng talataan sa puntong ito upang ipakita ang pagbabago mula sa mga pangkasaysayang pagtutulad patungo sa pangkasalukuyang pag-aankop.

▣ **"Ang mga bagay na ito ay naging mga halimbawa sa atin"** Ang Griyegong terminong *tupoi,* "mga halimbawa," (singular *tupos*) ay may malawak na semantikong kalipunan. Ito ay ang iniwang tanda sa pamamagitan ng isang pagpalo. Ito ay maaaring tumikoy sa isang pisikal na pagpalo (cf. Mateo 24:49; 27:30) o isang talinghaga para dito (cf. I taga-Corinto 8:12). Ito ay ginamit para sa isang bakas na naiwang ng pagpalo ng martilyo (cf. Juan 20:25). Ang markang ito ay maaaring tumukoysa isang pisikal na larawan—isang diyus-diyosan (cf. Mga Gawa 7:43) o isang nailimbag na larawan (cf. Mga Gawa 23:25; taga-Roma 6:17). Mula dito, ito ay itinindig para sa isang tularan (cf. Mga Gawa 7:44; taga-Filipos 3:17; I taga-Thesalonica 1:7; II taga-Thesalonica 3:5; I Timoteo 4:12; Hebreo 8:5; I Pedro 5:3).

Ang pinaka mainam sa kaagapy ng paggamit ng terminong ito sa teksto (i.e., "type" I taga-Corinto 10:6) ay I taga-Corinto 10:11 at taga-Roma 5:14, kung saan ito ay tumutukoy sa (1) isang pagpapaunang aninag na uri; (2) isang naglalarawang kamukha; o (3) isang simbolikong halimbawa.

Ang mga talatang 6 at 11 ay nagpapaalala sa mga NT mananampalataya ng ang OT ay may espiritwal na kaukulan para sa kanila (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 9:10; 10:6,11). Ang mga kapahayagan ng Diyos ay walang-hanggan at ang mga prinsipyo ay nauukol.

▣ **"upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa"** Pansinin na si Pablo ay inahalintulad ang pangkasunduang tao sa OT at NT. Ang kasamaan ay isang paulit-ulit na saliranin. Maaari nitong nakawin sa tao ang buhay na walang hanggan, ang napakalapit ng pakikikpag-ugnayan sa Diyos. Ang kasamaan ay sinisira ang bawat antas ng pag-iral na sangkatauhan. Ang kaligtasan ay hindi tayo pinapala sa pagpupunyagi (cf. taga-Roma 7; taga-Efeso 6:10-19). Ang iglesiya sa Corinto ay nasa panganib sa mga bahagi ng kapwa *orthodoxy* at *orthopraxy*! Ang kabanalan, hindi impormasyon, ang layunin!

Ang terminong "magnasa" (ginamit nang dalawang beses) ay naglalarawan ng malakas na tambalang Griyegong termino *epithumeō*, na binubuo ng PANG-UKOL "sa sandali" at "magmadali." Ito ay tumutukoy sa isang malakas na pakiramdan o emosyon na nalampasan at pinangungunahan ang isip at puso ng isang tao. Ito ay maaaring gamitin sa isang paayong kaunawaan gaya ng sa taga-Filipos 1:23, ngunit kadalasang ginamit sa isang salungat na kaunawaan (cf. II Timoteo 2:22). Si Pablo ay maaaring inilalarawan ang malakas na pagnanais at di-pagsunod ng mga Israelita na nakatala sa Bilang 11:31-35, dahil kanyang binabanggit ang Bilang 25:9 sa v. 8 at Bilang 16:4-5; 17:5,10 sa v. 10.

**10:7 "Ni huwag din naman kayong mapagsamba sa mga diyus-diyosan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGITNANG (deponent) PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang siping ito sa OT ay tumutukoy sa mga malaswang pagsamba sa diyus-diyosan ng Exodo 32.

Ang ang tiyak na pagsamba sa diyus-diyosan na tinutukoy ni Pablo sa Corinto ay di-tiyak. Sa anumang paraan, ang mga mananampalataya ay nasa panganib sa galitin ang Diyos. Mula sa kabanata 7 at ang pangkasaysayang kalagayan sa Corinto, ito ay maaring mga paggawa ng paganong sekswal na pagsamba o mula sa kabanata 8, mga pag-aalay sa paganong diyus-diyosan.

▣ **"NAUPO ANG BAYAN UPANG MAGSIKAIN AT MAGSIINOM, AT NAGSITINDIG UPANG MAGSIPAGSAYAW"** Ito ay isang pagkabanggit sa paggawa ni Aaron ng ginintuang baka sa Exodo 32 at ang mga anak ng Israel ay nagdiwang nang labis at nakagawa ng mga sekswal na pagkilos (cf. Exodo 32:6,19). Ang sekswal na aspeto ng terminong "pagsasayaw" ay makikita sa katulad na Hebreong salita na ginamit sa Genesis 26:8 ni Isaac sa pakikipagtalik kay Rebekah.

**10:8 "Ni huwag din naman tayong makiapid"** Ito ay nagpapakita ng paganong kalagayan ng Corinto at gayundin ang pagkahilig ng mga pagano, kahit na ang mga natubos na pagano, na makahilig sa imoralidad sa ngalan ng relihiyon.

▣ **"ang nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo"** Ito ay isang sanggunian sa Bilang 25:1-9. Mayroong maliwanag na pagkakaiba sa pagitan nito at ang Hebreong teksto sa Bilang 25:9, na mayroong dalampu't-apat na libo. Tila hindi ito isang pagkakamali ng sumipi. Ang kaibahang ito ay nasa lahat na Griyegong mga manuskrito. Ito ay maaaring isang pagkalimot sa bahagi ng memory ni Pablo. Hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig ng isang kakulangang sa inspirasyon o katapatan, ngunit ang sinaunang mundo ay hindi kasing tiyak sa kanilang paggamit ng mga bilang gaya ng sa makabagong kanluraning mga tao.

Sa Archer's *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp. 141, 401, kanyang binigyang-diin na ang talata sa OT na tinutukoy ni Pablo ay hindi Bilang 25:1-9, ngunit Exodo 32. Siya ay gumawa ng mabuting punto na sa 10:7 ay sinipi mula sa Exodo 32:4 at na ang pagbanggit ng Exodo 32:35 sa paghampas ng Panginoon sa mga tao ay tila lalagpas sa 3,000 ng v. 28. Ito ay tiyak na isang tumpak na konstekstwal na pagpili.

**10:9 "Ni huwag din naman nating tuksuhin ang Panginoon"** Ito ay ang terminong *peirazō* na may PANG-UKOL *ek*, na nagpapatindi nito (cf. Mateo 4:7; Lucas 4:12; 10:25). Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong mga Termino para sa Pagsubok sa 3:13. Ang Corintong Iglesiya ay gumaganap sa katulad na paraan sa mga Israelita sa ilang (cf. Bilang 21:5-6). Ang Diyos ay gumagamit ng mga temporal na kahatulan upang itama ang Kanyang mga tao.

Ang terminong "Panginoon" (cf. NASB, TEV, NJB, at NIV) ay matatagpuan sa sinaunang Griyegong mga manuskrito א, B, C, P, at ang Armenianong salin. Ito ay pinakaakma sa OT na pagkabanggit, na tumutukoy kay YHWH sa Bilang 21.

Ang terminong "Kristo" (cf. NKJV, NRSV) ay matatagpuan sa mga manuskritong $P^{46}$, D, F, G, at ang Vulgata at Peshitta na mga salin. Ito ay pinakatumutugma sa kagyat na mga tagapakinig ni Pablo.

Habang ang $UBS^4$ ay kinakatigan ang "Kristo" na may isang "B" na antas (i.e., halos tiyak), isang malakas na pangangatuwiran para sa "Panginoon" ang ginawa ni Bart D. Ehrman sa *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 89-90.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong mga Termino para sa "Pagsubok" at Kanilang mga Kahulugan sa 3:13.

▣ **"nangapahamak sa pamamagitan ng mga ahas"** Ito ay isang sanggunian sa Bilang 21. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Apollumi* sa 8:11.

**10:10 "Ni huwag din kayong mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan sa kanila"** Ang unang parirala ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay tumutukoy sa Bilang 16:41-50, na siyang tinutukoy sa Bilang 17:5,10. Ang iglesiya sa Corinto ay nagmamaktol katulad ng Israel ng nakalipas.

▣ **"mangwawasak"** Ito ay pagkabanggit sa salot ng Bilang 16:49. Ito ay isang teolohikong paraan ng pagpapakita ng kamatayan ay nasa kamay ni YHWH (cf. Exodo 12:23,29; II Samuel 24:16; I Cronica 21:15; Hebreo 11:28). Walang "malupit na tagagapas"! Walang pagkakataon, kapalaran, o syerte! Mayroong Diyos, ang Diyos ng Israel, ang Ama ng Panginoon Hesukristo. Si at Siya lamang ay ang makapangyarihan sa buhay at kamatayan!

**10:11 "sa kanila"** Ito ay tumutukoy sa mga tao sa OT na namatay sa kamay ng Tagapagwasak.

▣ **"halimbawa"** Tingnan ang tala sa v. 6. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises sa 9:9.

▣ **"dinatnan ng katapusan ng mga panahon"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isang talinghaga para sa propesiyang bagong panahon (magkatulad parirala sa Hebreo 9:26). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa Kaharian ni Diyos, pinasinayanan sa unang pagdating ni Hesus, malulubos sa Kanyang Pangalawang Pagdating. Tayo ay mabubuhay sa pag-iigting ng "nandito na at hindi pa"!

Tingnan ang Natatanging Paksa: Panahong Ito at ang Panahong Darating sa 1:20.

**10:12 "Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo, magingat"** Ang pansariling katiyakan at mapangmataas na kayabangan ng mga naghahati-hating pangat ng Corinto ay isang pangunahing suliranin, gaya ng katulad na pag-uugali ngayon (cf. taga-Roma 11:20; II Pedro 3:17). Ang Diyos ay hinatulan at hahatulan ang Kanyang sariling tao (bayan) (cf. Jeremias 25:29; I Pedro 4:17). Ang pandaraya sa sarili ay isang sumpa ng mga maka-relihiyong tao! Silang na kay Kristo ay dapat na magpatuloy sa pagsasanay ka kasigasigan (cf. 9:24-27)!

**10:13 "tukso"** Ang salitang ito ay ginamit nang tatlong beses sa talatang ito at nangangahulugang udyukan sa isang pananaw na patungo sa kapamahakan (tingnan ang Natatanging Paksa sa3:13). Mayroong tatlong pinagmumulan ng tukso sa NT:

1. nakasalang likas ng nalugmok sa sangkatauhan
2. personal na kasamaan (i.e., si Satanasa at ang demonyo)
3. ang nalugmok na sistema ng mundo (cf. taga-Efeso 2:1-3; Santiago 4:1,4,7)

▣

**NASB "kundi yaong kayang matitiis ng tao"**
**NKJV "kundi yaong karaniwan sa tao"**
**NRSV "na hindi karaniwan sa kaninuman"**
**TEV "ang uri na kadalasang dumadating sa tao"**
**NJB "wala. . .ay mas higit sa kayang kabakahin ng tao"**

Ang ibang mga tao ay nakaranas ng katulad na pagtutukso gaya ng mga mananampalataya Corinto. Si Hesus din ay nakaranas at napagtagumpayan ang lahat ng panunukso na karaniwan sa mga tao (cf. Hebreo 4:15).

▣ **"matapat ang Diyos"** Ito ay isa ngang napakahalagang naglalarawang pahayag! Ang Biblical na pananampalataya ay nakasandig sa katangian ng Diyos. Ang ating pag-asa ay nasa Kanyang mapagbiyayang katangian, tiyak na mga pangako at mga pagkilos sa katubusan.

Ang aspetong ito ng katangian ng Diyos ay una nang naihayag sa Deuteronomio 7:9, na isang pagpapalaki ng Deuteronomio 5:9-10. Ang kahatulan ng Diyos ay kumikilos sa pagtakbo ng panahon hanggang sa tatlo at apat na salin-lahi, ngunit ang Kanyang mapagkandiling pagmamahal (i.e., covenant loyal pag-ibig, *hesed*) sa isang libong salin-lahi. Ang katulad na

pagpapahayag ay nagpapatulog sa Isaias 49:7.

Ito ay isang pangunahing paksa sa mga sulat sa Corinto (cf. 1:9; 10:13; II taga-Corinto 1:18, gayundin sa I taga-Thesalonica 5:24 at II taga-Thesalonica 3:3). Ang mga mananampalataya ay dapat mananampalataya sa katapatan ng Diyos; magtiwala sa pagkamapagkakatiwalan ng Diyos. Ito ay ang diwa ng biblikal na pananampalataya!

▣

**NASB** **"kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis"**
**NKJV** **"ngunit kasama ng panunukso ay makakagawa ng paraan sa pag-iwas, upang ito'y makayanan"**
**NRSV** **"ngunit sa pagsubok, si ay magbibigay ng daan palabas upang maaari mong makayanan ito"**
**TEV** **"sa panahon na ikaw ay sinusubukan, papalakasin ka niya upang makayanan ito, at gayundin ay magkaloob ng paraang makaiwas"**
**NJB** **"sa bawat pagsubok ay makakagawa ng isang pag-iwas sa pagpapalakas sa iyo upang makayanan ito"**

Ang Griyegong salitang ito ay ginamit sa isang paraan ng pagtakas para sa isang nakulong na yunit ng hukbo. Ang mga mananampalataya ay hindi nakakaranas ngpanunukso nang mag-isa!

Ang suliranin sa tekstong ito ay kung paanong ang sinuman ay maiuugnay ang "magkaloob ng paraang makatakas" sa "may kakayahang makayanan nito." Ang iba ba ay nakakatakas at ang iba ay makakayanan ito o ang paraan ng Diyos na makatakas ang tunay na paraang makayanan? Ang pagsubok ba ay nagpapauhinto o mga mananampalataya ba ay gumagawa sa pagsubok sa pamamagitan ng pananampalataya? Bagaman ang kalabuang ito ay hindi mapagpapasyahan, ang mabuting balit ay ang Diyos ay kasama natin sa mga suliranin (cf. Mga Awit 23:4). Hindi tayo iiwan o tatanggihan ng Diyos. Ang tiyak na paraan ng tagumpay ay hindi maliwanag na naihayag, ngunit ang mismong tagumpay!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:14-22

**[14]Samakatuwid, mga minamahal ko, magsitakas kayo sa pagsamba sa diyus-diyosan. [15]Ako'y nagsasalitang tulad sa marurunong; hatulan ninyo ang sinasabi ko. [16]Ang saro ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi baga siyang pakikipagkaisa ng dugo ni Kristo? Ang tinapay na ating pinagpuputolputol, hindi baga siyang pakikipagkaisa ng katawan ni Kristo? [17]Bagaman tayo'y marami, ay iisa lamang tinapay, iisang katawan: sapagkat tayong lahat ay nakikibahagi sa isa lamang tinapay. [18]Tingnan ninyo ang Israel na ayon sa laman: ang mga nagsisikain baga ng mga hain ay wala kayang pakikipagkaisa sa dambana? [19]Ano ang aking sinasabi? na ang hain baga sa mga diyus-diyosan ay may kabuluhan? o ang diyus-diyosan ay may kabuluhan? [20]Subali't sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonyo, at hindi sa Diyos: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonyo. [21]Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonyo: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonyo. [22]O minumungkahi baga natin sa paninibugho ang Panginoon? tayo baga'y lalong malakas kay sa kaniya?**

**10:14 "Samakatuwid"** Winawakasan na ni Pablo ang nakaraang pagtalakay at pupunta na sa isang konklusyon.

▣

**NASB, NKJV** **"mga minamahal ko"**
**NRSV, TEV, NJB** **"aking mga mahal na kaibigan"**

Ang mga sulat ni Pablosa mga taga-Corinto (at mga taga-Galacia) ay ang kanyang pinakamahigpit sa salita sa mga iglesiya. Samakatuwid, ninanais niyang paalahanan kung paanong sila ay napakahalaga sa kanya kaya siya nagsasabi nang magaspang sa kanila (cf. 4:14; 10:14; 15:58; II taga-Corinto 7:1; 12:19).

Ang terminong ito ay ginamit ng Diyos ang Ama ni Hesus (cf. Mateo 3:17; 12:18; 17:5). Sina Pablo, Pedro, Judas, at Juan, sa kanilang mga sulat, ay ginamit ang ganitong PANG-URI upang ipakilala ang mga tagasunod ni Hesus. Sila ay mahal dahil sa kanilang ugnayan kay Kristo; minahal ng Diyos, ni Kristo, at ng mga manunulat ng mga sulat sa NT.

▣ **"magsitakas kayo sa pagsamba sa diyus-diyosan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Pansining ang "pagsamba sa diyus-diyosan" ay may TIYAK NA PANTUKOY. Ang Diyos ay nagbigay ng isang paraan, ngunit ang mga mananampalataya ay dapat na pumili na kunin ang kabutihan nito (cf. 6:18). Ang isang paraan upang tanganan ang tukso ay lumayo sa presensya nito. Ang mga mananampalataya ay dapat na hindi ilagay ang kanilang sarili sa lugar ng panunukso.

"Pagsamba sa diyus-diyosan" sa OT ay ang larawan at pagsamba ng mga paganong diyus-diyosan. Sa ating panahon, ito ay anumang bagay na pumapalit sa ating balangkas ng prayoridad (cf. 10:7,14). Gaya ng sinabi ni Hesus, na kung saan ang iyong yaman ay nandoon ang iyong puso (cf. Mateo 6:21). Ang mga makabago ay maihahayag ang kanilang mga prayoridad sa oras, salapi, at pangkaisipang buhay. Ang relihiyon ay kadalasang isang mahalagang dagdag, ngunit hindi isang punong prayoridad. Ang tunay na pananampalataya ay hindi nakikitungo sa mga labis, ngunit sa pinakadiwa ng buhay. Ang aklat ng I Juan ay nagtapos sa "bantayan ninyo ang inyong sarili mula sa mga diyus-diyosan" (cf. I Juan 5:21).

**10:15** Ipinapakita nito ang pamamaraan ni Pablo sa pamumuno. Siya ay isang Apostol ni Kristo, ngunit siya ay nagpapaalala sa mga mapagpataas na mananampalataya na hatulan ang kanyang mga salita sa kanilang sarili (cf. 14:39-40). Ito ay tiyak na

maaaring si Pablo ay nanunuya. Ginamit niya sa katulad na salita (i.e., maranong na tao) sa 4:10 at II taga-Corinto 11:19 sa isang nanunuyang diwa.

**10:16** Ang talatang ito ay binalangkas bilang dalawang retorikong tanong (bagaman sa TEV ito ay isinalin bilang MAY PAHIWATIG na mga pahayag).

▣ **"Ang saro ng pagpapala"** Ito ay maaaring tumutukoy sa pangatlong saro sa paglilingkod sa pang-Hudyong Paswa. Ito ay kung ano ang ginamit ni Hesus upang pasinayaan ang hapunan ng Panginoon.

Ang termino "pagpapala" ay *eulogia* mula sa PANDIWA *eulogeō*, na nangangahulugang "purihin," "papurihan," "magpala," o "makinabang." Tingnan ang tala sa II taga-Corinto 9:5. Ating nakuha ang Ingles na terminong eulogy mula sa Griyegong salitang-ugat na ito. Nang isinakatuparan ni Hesus ang ordinansang ito, kanyang kinuhay kapwa ang saro at tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Ang Griyegong termino para sa pagpipigay pasalamat o pagpapasalamat ay *eucharistia*, kung saan ating nakuha ang terminong Eukarista Kapwa ang mga Griyegong termong ito ay ginamit sa isang magkahulugang paraan sa 14:16.

Ito ay nakakawili, ngunit walang halaga sa teolohiy, na ang karaniwang pagkakasunod-sunod ng saro at tinapay (cf. 11:24-27) ay nabaligtad dito. Ang pagkakasunod-sunod ay hindi isyu dito, ngunit ang pakikipag-ugnayan kay Kristo sa Kanyang komunyong pagkain laban sa pakikipag-ugnayan sa mga paganong diyus-diyosan sa kanilang mga komunyong pagkain.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGKAKAAYOS NG PAGLILINGKOD SA PASKUWA SA UNANG SIGLONG JUDAISMO

A. Panalangin
B. Saro ng Alak
C. Paghuhugas ng kamay ng may-ari at ang pagpapasa ng sisidlan
D. Pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
E. Tupa at ang pangunahing pagkain
F. Panalangin at pangalawang pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
G. Pangalawang saro ng alak na may oras sa tanong-at-sagot para sa mga bata (cf. Exodo12:26-27)
H. Pag-awit ng mga Awit na Hallel 113-114 at panalangin
I. Ang pinuno ng palatuntunan ay gumawa ng pagkaing isinasawsaw pagkatapos maghugas ng kamay
J. Lahit ay kumain hangang mabusog; matatapos sa isang piraso ng tupa
K. Pangatlong Saro pagkatapos ng paghuhugas ng kamay
L. Pag-awit ng Awit na Hallel 115-118
M. Pang-apat na Saro ng Alak, na tumutukoy sa pagparito ng Kaharian

Maraming naninniwala na ang institusyon ng Hapunan ng Panginoon ay naganap sa "K."

▣ **"pakikipagkaisa"** Ito ay ang Griyegong salita *koinonia*, na nangangahulugang "magkasamang pakikilahok sa." Ito ay ang pinagmulan ng salitang Ingles na "communion," na ginamit para sa Eucharistikong simbolong pagkain, na nagbibigay-diin sa pakikipag-ugnaya ngayon, ngunit isang mas malapit na pakikipag-ugnayan sa hinaharap. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Koinonia* at 1:9.

▣ **"ng dugo ni Kristo"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa kamatayan ni Kristo sa pangsakripisyong konteksto nito sa OT (cf. Levitico 1-7). Ang dugo ay sumasagisag sa buahy (cf. Levitico 17:11,14).

▣ **"Ang tinapay na ating pinagpuputolputol"** Ito ay ang pinanggalingan ng Ingles na parirala na ginagamit natin ngayon sa hapunan ng Panginoon, "pagpuputol-putol ng tinapay" (cf. Mga Gawa 2:42). Ito ay ang simbolo na pinili ni Hesus upang ipakilala sa Bagong Kasunduan ng Kanyang nasirang katawan sa krus. Kusa niyang hindi pinili ang kordero ng Paskwa, na isang simbolo ng karanasan ng lumang kasunduan (cf. Exodo 12).

▣ **"pakikipagkaisa ng katawan ni Kristo"** Ang simbolo ng "katawan ng Kristo" ay may dalawang bahagi: (1) Ang Kanyang pisikal na katawan ay inialay para sa kasalanan ng tao at (2) ang Kanyang tagasunod ay naging Kanyang espiritwal na katawan, ang iglesiya (na mayroon ding dalawang aspeto sa I taga-Corinto: [a] lokal na iglesiya at [b] ang pangkalahatang iglesiya).

**10:17** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pagkakaisa ni Kristo at Kanyang iglesiya na inihahayag sa simbolismo ng hapunan ng Panginoon (i.e., isang tinapay). Ang katulad na pagkakaisa ng katawan ni Kristo ay nasa 12:12-13 sa kaugnaya nito sa mga espiritwal na kaloob.

**10:18 "Israel na ayon sa laman"** Ito sa literal ay "Israel na sang-ayon sa lamang" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:26).

Ito ay isa pang simbolikong paraan (i.e., pangkasaysayang pagkabanggit) upang ipakita ang pagkakaisa ng sinumang naging bahagi ng hapunan ng Panginoon.

**10:19 "Ano ang aking sinasabi"** Ang mga sulat ni Pablo ay ilan sa mga pinakamadaling teksto sa Bibliya na mabigyang-kahulugan dahil kanyang pinauunlad ang kanyang kaisipan sa pamamagitan ng pangangatuwiran. Ang mga lohikong tanda tulad ng pariralang ito ay nagpapahintulot sa mga makabagong tagapagbigaykahulugan na balangkasin ang mga kaisipan ni Pablo sa antas ng talat, na isang susi sa pagbibigay-kahulugan sa kanyang mga aklat.

Pinauunlad ni Pablo ang kanyang kaisipan sa loob ng kontekstong ito sa pamamagitan ng isang kalipunan ng mga retorikong tanong (cf. NASB, v. 16 (dalawa); v. 18 (isa); v. 19 (dalawa o tatlo); v. 22 (dalawa); v. 29 (isa); v. 30 (isa).

▣ **"o ang diyus-diyosan ay may kabuluhan"** Bilang isang halimbawa ng kung paaanong ang sinaunang mga eskriba ay di-sinasadyang baguhin ang mga teksto na kanilang sinisipi, ang pariralang ito ay di-sinasadyang naiwan sa napakaagang sinaunang Griyegong mga manuskrito (i.e., $P^{46}$, $א^{*}$, A, at C). Para sa lubusang pagtalakay ng Tekstuwal na Kritisismo, tingnan ang Dagdag na Dahon Dalawa.

**10:20 "inihahain sa mga demonyo"** Si Pablo, pabalik sa OT, ay nauunawaan ang pagsamba sa diyus-diyosan ay kaugnay, hindi sa katotohan ng mga larawan, ngunit sa katotohanan ng mga espiritwal na pwersa sa pisikal na linikha (cf. Levitico 16:8; 12:7; Deuteronomio 32:17; Mga Awit 96:5; 106:37; Isaias 65:11; Rev. 9:20; 16:14). Sa likod ng mga pantaong gawain ay ang espiritwal na kaharian (cf. Deuteronomio 32:8 [LXX]; Daniel 10; taga-Efeso 6:10-18). Bagaman, ito ay hindi tiyakan naipahayag na ang mga napahamak ng mga anghel ng OT ay ang demonyo ng NT, tinutukoy ni Pablo ang mga napahamak ng mga espiritwal na pwersa sa ibang mga termino sa taga-Roma 8:38-39; I taga-Corinto 15:24; taga-Efeso 1:21; 3:10; taga-Colosas 1:16; 2:10,15. Ginamit lamang ni Pablo ang terminong "demonyo" dito at sa I Timoteo 4:1. Tingnan ang Natatanging Paksa: Personal na Kasamaan sa 7:5.

## NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (MASAMANG ESPIRITU)

A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists*. Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.

B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demigods* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.
   1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
   2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
   3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Edisyon, pp. 67-92

C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o *monotheism* (cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Micah 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.
   1. *Se'im* (mga buktot o mabalahibong demonyo, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)
   2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, cf. Isaias 34:14)
   3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; at maaaring Deuteronomio 28:22)
   4. *Resheph* (salot, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
   5. *Dever* (peste, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
   6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, cf. Levitico 16:8,10,26) (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

   Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

   Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at

XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.
1. Satanas o Sammael
2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
3. ang Anghel ng Kamatayan

Pinapakilala nito ni Edersheim bilang (1) ang Tagapagsumbong; (2) ang Tagapagtukso; at (3) ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756). Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.

G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo at impluwensiya ay mapinsala (cf. taga-Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal ang kasamaan (ang panlipunang kayarian in Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

▣ **"pakikipagkaisa sa mga demonyo"** Sundan ang paghahalintulad ni Pablo. Ang mga Kristiyano sa kaisa sa katawan ni Kristo (i.e., ang iglesiya) dahil sila ay kaisa sa Kanyang sakripisyo (i.e., ang Kanyang katawang na ipinako sa krus ng Kalbaryo) dahil sila ay kabahagi sa tinapay ng hapunan ng Panginoon na sumasagisag sa Kanyang nabaling katawan Samakatuwid, ang mga pagano na kabahagi sa pagkain ng mga laman na inalay sa isang walang buhay na diyus-diyosan, ay nakikilahok sa espiritwal na pagsamba sa diyus-diyosan na maiuugnay sa mga demonyo sa likod ng mga relihiyon sa mundo. Gaya ng pakikibahagi ng mga mananampalataya sa makasaysayang pangyayari sa buhay ni Hesus sa pamamagitang ng isang ritwal (i.e., taga-Roma 6), gayundin naman, ang mga di-mananampalataya ay kabahagi sa mga demonyo.

**10:21** Ito parirala ay tumutukoy sa mga pag-aalay ng mga pagano at mga ritwal sa mga paganong templo sa Corinto. Ang isang mananampalataya ay hindi mapapatunayan ang pagiging bukod ng Kristiyanismo (i.e., isa at isa lamang tunay na Diyos at Hesus na Kanyang Mesias) at patuloy sa espiritiwal na pakikilahok sa paganong pagsamba. Kung kanilang ginagawa, ito ay espiritwal na pangangalunya!

**10:22 "minumungkahi baga natin sa paninibugho ang Panginoon"** Ito ay tila isang pagkabanggit sa Deuteronomio 4:25; 32:16,21; Mga Awit 78:58; o Isaias 65:3. Ang terminong Panginoon sa v. 21 ay maliwanag na tumutukoy kay Hesus, ngunit sa v. 22 kay YHWH. Ang ganitong uri ng paglipat ay isa sa mga paraan ng mga may-akda ng NT na bigyang-diin ang pagka-Diyos ni Hesus ng Nazareth.

Ang termino "paninibugho" ay isang makapangyarihang salita ng pag-ibig. Ang sinuman ay naninibugho lamang sa isang kanilang iniibig. Si YHWH ay kasangkot sa damdamin ng Kanyang bayan, na nagpapakilala ng Kanyang katangian at Kanyang pangalan sa mundo. Ang pagsamba sa diyus-diyosan ang sumisira sa kanyang pakikipag-ugnayan at layunin ng ebanghelyo.

▣ **"tayo baga'y lalong malakas kay sa kaniya"** Ang gramatika ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ang terminong ito ay nagpapahiwatig ng dalawang magkaibang pangkat ng Kristiyano na tumutukoy sa: ang mahinang kapatid sa vv. 14-21 at ang malakas na kapatid sa vv. 23-33. Ang talatang 22 ay nagpapakita ng kahirapan sa pagsubok sa pakikitungo sa pag-iisip ng

dalawang pangkat na mga mananampalataya (cf. taga-Roma 14:1-15:13). Si Pablo ay sinusubukang maglakad sa isang teolohikong unat na lubid sa pagitan ng dalawang Kristiyanong pilosopiya/mga pananawa sa mundo (i.e., kalayaan at pagkaalipin sa mga nakaraang karanasan).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:23-30

**[23]Lahat ng mga bagay ay matuwid; nguni't hindi ang lahat ng mga bagay ay nararapat. Lahat ng mga bagay ay matuwid; nguni't hindi ang lahat ng mga bagay ay makapagpapatibay. [24]Huwag hanapin ninoman ang sa kaniyang sarili, kundi ang ikabubuti ng kapuwa. [25]Lahat ng ipinagbibili sa pamilihan ay kanin ninyo, at huwag kayong magsipagtanong ng anoman dahilan sa budhi; [26]Sapagka't ang lupa ay sa Panginoon, at ang kabuuan ng naririto. [27]Kung kayo'y aanyayahan ng isang hindi sumasampalataya, at ibig ninyong pumaroon; ang anomang ihain sa inyo ay kanin ninyo, at huwag kayong magsipagtanong ng anoman dahilan sa budhi. [28]Datapuwa't kung sa inyo'y may magsabi, Ito'y inihandog na hain, ay huwag ninyong kanin, dahilan doon sa nagpahayag at dahilan sa budhi; [29]Budhi, sinasabi ko, hindi ang inyong sarili, kundi ang sa iba; sapagkat bakit hahatulan ang kalayaan ng budhi ng iba? [30]Kung nakikisalo ako na may pagpapasalamat, bakit ako'y aalipustain ng dahil sa aking ipinagpapasalamat?**

**10:23** Ito ay isang pagbabalik sa paksa na nagsimula sa kabanata 6:12 tungkol sa kung paano timbangin ang Kristiyanong kalayaan at pananagutan (cf. taga-Roma 14:19). Ang mga talatang 23-33 ay naglalahad ng malakas na kapatid.

▣ **"Lahat ng mga bagay ay matuwid"** Ang pariralang ito ay inulit nang dalawang beses. Ang ilang mga salin ay inilagay ang pariralang ito sa mga sipi (cf. NRSV, TEV, NJB) dahil kanilang iniisip na ito ay isang islogan ng isa mga nagkakahati-hating pangkat sa Corinto o isang pangkulturang kawikaan. Ito ay ang napalawang pananawa sa mundo ng "malakas" na Kristiyano (cf. 6:12; 10:26; taga-Roma 14:14,20).

## NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG KALAYAAN laban sa KRISTIYANONG PANANAGUTAN

A. Ang kabanatang ito ay susubukang itimbang ang kabalintunaan ng Kristyanong kalayaan at pananagutan. Ang pampanitikang yunit ay matatagpuan sa Mga Gawa 15:13.

B. Ang suliranin na nagpasiklab sa kabanatang ito ay maaaring ang pag-iigting sa pagitan ng Hentil at Hudyong mga mananampalataya sa ang iglesiya sa Roma. Bago ang pagbabagong-loob ang mga Hudyo ay may pagkiling sa pagiging sa legalismo at ang mga pagano ay may pagkiling na maging imoral. Tandaang, sa kabanatang ito ay tintuon sa matatapat na mga tagasunod ng Hesus. Ang kabanatang ito hindi ay hindi tinutuon sa carnal na mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 3:1). Ang pinakamalakas na motibo ay tinutuon sa kapwa mga pangkat. Mayroong panganib sa mga labis ng kapwa panig. Ang pagtalakay na ito ay hindi isang lisensya para sa mapagpiling legalismo o maranyang kalayawan.

C. Mga mananampalataya ay kailangang maging maingat na hindi gumawa ng kanilang teolohiya o etika na pamantayan para sa lahat ng ibang mga mananampalataya (cf. II taga-Corinto 10:12). Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa ang liwanag na kanilang taglay ngunit unawain na ang kanilang teolohiya ay hindi pakusang teolohiya ng Diyos. Mga mananampalataya ay apektado parin ng kasalanan. Kailangan tayong magpalakas, maghikayat, at turuan ang isa't-isa mula sa Banal na Kasulatan, dahilan, at karanasan, ngunit palaging sa pag-ibig. Lalong nakakalam ang isa, mas lalo niyang nalalaman na hindi niya lalong nalalaman (cf. I taga-Corinto 13:12)!

D. Ang ugali at mga motibo sa harap ng Diyos ay ang totoong susi sa paghuhusga sa kanyang mga pagkilos. Ang mga Kristiyano ay haharap kay Kristo upang hatulan kung paano nila pinakitunguhan ang iba (cf. vv. 10,12 at II taga-Corinto 5:10).

E. Sinabi ni Martin Luther na ang, "Isang Kristyano ay ang pinakamalayang Panginoon ng lahat, papailalim sa wala; ang Kristyano ay ang pinakamasunuring lingkod ng lahat, papailalim sa lahat." Ang biblikal na katotohanan ay kadalasang ipinapakilala sa isang puno ng pag-iigting na kabalintunaan.

F. Ang mahirap ngunit napakahalagang paksa ay tinatalakay sa buong pampanitikang yunit ng taga-Roma 14:1-15:13 at gayundin sa I taga-Corinto 8-10 at taga-Colosas 2:8-23.

G. Subalit, ito ay kinakailangang maihayag na ang pluralismo sa gitna ng mga matapat na mananampalataya ay hindi isang masamang bagay. Bawat mananampalataya ay mayroong mga kalaksan at mga kahinaan. Bawat isa ay kailangang lumakad sa ang liwanag na kanyang taglay, palaging palaging bukas sa ang Espiritu at Bibliya para sa mas maraming liwanag. Sa yugtong ito na nakikita sa isang madilim na salamin (I taga-Corinto 13:8-13), ang isa <u>ay kailangang</u> lumakad sa pag-ibig (v. 15), at kapayapaan (vv. 17,19) para sa pagpapalakasan ng isa't-isa.

H. Ang mga titulong "mas malakas" at "mas mahina" na ibinibigay ni Pablo sa mga pangkat ay pinag-iiba sila sa <u>atin</u>. Ito ay tiyak na hindi Layunin ni Pablo. Kapwa mga pangkat ay matatatapat na mga mananampalataya. Hindi natin tinatangka na hubugin ang ibang mga Kristiyano sa ating sarili! Tinatanggap natin ang bawat-isa kay Kristo!

I. Ang buong pangangatuwiran ay maaaring ibalangkas bilang
   1. pagtanggap sa isa't-isa dahil tinaggap tayo ng Diyos kay Kristo (cf. 14:1,3; 15:7);
   2. huwag hatulan ang isa't-isa dahil si Kristo ay ating tanging Panginoon at Hukom (cf. 14:3-12);
   3. pag-ibig ay mas mahalaga kaysa personal na kalayaan (cf. 14:13-23);
   4. sundin ang halimbawa ni Kristo at isuko ang ating karapatan para sa ikakatibay at ikakabuti ng iba (cf. 15:1-13).

▣ **"nguni't hindi ang lahat ng mga bagay ay makapagpapatibay"** Ang praktical, espiritwal na pagsubok ay, "Ito ba ay nakakapagpatibay ng katawan (i.e., ang nananampalatayang komunidad)?" (cf. 6:12; 14:3-4,26; II taga-Corinto 12:19; taga-Roma 14:19; 15:2). Ito ay ang pagsubok sa gagawin o sasabihin ng lahat ng mga mananampalataya. Ang kalayaan ng sinuman kay Kristo ay hindi dapat makasakit sa iba na kung saan si Kristo ay namatay (cf. taga-Roma 14:15).

Isa lamang personal na salita, hindi nito pinapahiwatig na ang espiritwalidad ay dapat lumutang sa pinakamababang antas ng pinakamahinang mananampalataya, ngunit ang mga lumalagong mga mananampalataya ay hindi dapat magpakaranya sa kanilang kalayaan sa kapinsalaan ng kapwa-mananampalataya. Ang ilang mga mananampalataya ay dogmatiko, mga legalistang Pharisaiko. Hindi ko kailangang sumuko sa kanilang mga alituntunin, ngunit dapat ko silang ibigin, ipanalangin sila, lubusang tanggapin sila, at hindi sila hiyain sa madla o magmaranya sa aking kalayaan. Ako ay may pananagutang espiritwal sa aking kapwa mga mananampalataya! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatibay sa I taga-Corinto 8:1.

**10:24 "Huwag hanapin ninoman ang sa kaniyang sarili, kundi ang ikabubuti ng kapuwa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang lumalagong Kristiyanismo ay inilalagay sa una ang kapakanan ng iba (cf. v. 33; 12:7; 13:5; taga-Roma 14:7; 15:2; taga-Filipos 2:1-5,21).

**10:25,27** Ito ay ang tinig ng pinalayang pananampalataya. Ngunit ang "malakas" na pananampalataya ay hayagang nagbibigay-daan sa "mahinang" pananampalataya (cf. vv. 28-29).

**10:25 "budhi"** Walang isang katumbas sa OT ng Griyegong terminong "budhi" maliban sa Hebreong termino "dibdib" ay nagpapahiwatig isang kaalaman sa sarili at mga motibo nito. Sa orihinal, ang Griyegong termino ay tumutukoy sa sa kamalayang nauugnay sa limang mga diwa. Ito ay dumating sa paggamit ng panloob ng mga diwa (cf. taga-Roma 2:15). Ginagamit ni Pablo ang terminong ito nang dalawang beses sa kanyang mga paglilitis sa Mga Gawa (i.e., 23:1 at 24:16). Ito ay tumutukoy sa kanyang diwa na wala siyang linabag ang anumang batid na pang-relihiyong katungkulan sa Diyos (cf. I taga-Corinto 4:4).

Ang budhi ay ang lumalagong pagkaunawa sa mga motibo at pagkilos ng mga mananampalataya batay sa (1) isang biblikal na pananaw sa mundo; (2) ang nananahang Espiritu; at (3) isang pamumuhay na kaalaman batay sa salita ng Diyos. Ang Kristiyanong budhi ay maaaring ihanda sa pamamagitan ng personal na pagtanggap ng ebanghelyo. Tingnan ang mas buong tala sa 8:7.

**10:26 "SAPAGKA'T ANG LUPA AY SA PANGINOON, AT ANG KABUUAN NG NARIRITO"** Ito ay ang patunay ng kabutihan ng lahat ng bagay na nilikha (cf. 6:12; 10:26; taga-Roma 14:14,20), na kinula mula sa isang pagsasama ng Mga Awit 24:1 at 50:12, na ginamit ng mga Hudyo sa OT bilang isang pagpapalaya sa mga pagkain.

Ang Textus Receptus ay inuulit v. 26 sa dulo ng v. 28. Ito ay hindi orihinal. Ito ay nawawala sa Griyegong mga manuskrito א, A, B, C, D, F, G, H*, at P, gayundin, ito ay hindi kasama sa Vulgata, Syriac, o Coptic na mga salin.

**10:27** Ang talatang ito ay napakahalaga sa paggawa ng isang kaibahan sa pagitan ng pakikilahok sa pangmadlang pista ng mga diyus-diyosan laban sa karaniwang pang-araw-araw na pakikisama sa mga di-mananampalataya. Si Pablo ay walang mahirap at madaliang mga tuntunin. Kanyang inuuna ang mga personal na pakikipag-ugnayan (i.e., pag-ebanghelyo at pagdidisipulo). Ang mga tao ang prayoridad. Ang tao ay panghabang-buhay. Ang mga tao ang layunin ng kamataya ni Kristo, hindi pagkain! Ang mga talatang 29-33 ay nagpapakita sa ating ng buod ni Pablo sa isyung ito.

**10:27,30 "Kung"** Kapwa sila UNANG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na pinagpapalagay na totoo mula sa pananawa ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikan layunin.

**10:28 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"huwag ninyong kanin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang pagkain nito. Kung ang Kristiyano ay may kabatiran, siya ay dapat hindi kumain dahil ang mismong katotohanan ng isyu na inilahad, ay nagpapakita ng presensiya ng mahinang pananampalataya o isang naghahangan ng pananampalataya (cf. v. 29).

**10:29**
**NASB "bakit hahatulan ang kalayaan ng budhi ng iba"**
**NKJV "bakit ang aking kalayaan ay hahatulan ng budhi ng ibang tao"**
**NRSV "bakit ang aking kalayaan ay nasasakop ng kahatulan ng budhi ng sinuman"**
**TEV "bakit ang aking kalayaan ay matatakdaan ng budhi ng ibang tao"**
**NJB "bakit kailangang ang aking kalayaan ay pamamahalaan ng budhin ng sinuman"**

Ang NRSV ay binantasan ito na gaya ng sa ito ay mga salita ni Pablo. Ang TEV isinalin ito na gaya ng may ibang tanong na tinanong ng isang inaasahang tututol. Ito ay ang pampanitikan pamamaraan na tinawag na diatribe (cf. 6:12,13).

Ito ay ang mahalagang tanong na kailangan mong sagutin sa inyong sarili. Bawat is sa atin, sa ilalim ng pamumuno ng Banal na Espiritu, ay kailangang magtakda ng mga hangganan ng ating sariling limitasyon para sa iba, alang-alang sa pag-ibig at paggalang kay Kristo.

## NATATANGING PAKSA: DAPAT BANG HUMATOL ANG MGA KRISTIYANO SA ISA'T-ISA?

Ang paksang ito ay kailangang tingnan sa dalawang mga paraan.

1. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihan na huwag humatol sa isa't-isa (cf. Mateo 7:1-5; Lucas 6:37,42; Roma 2:1-11; Santiago 4:11-12)
2. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihang timbangin ang mga namumuno (cf. Mateo 7:6,15-16; I taga-Corinto 14:29; I taga-Thesalonica 5:21; I Timoteo 3:1-13; at I Juan 4:1-6)

Ilang pamantayan para sa naangkop na pagtitimbang ay maaaring makatulong.

1. Ang pagtitimbang ay kailangang para sa layunin ng paninindigan (cf. I Juan 4:1 – "pagsusuri" na mayroong pananaw patungo sa pagsang-ayon)
2. Ang pagtitimbang ay kailangang gawin nang may pakumbabaan at kaamuhan (cf. taga-Galacia 6:1)
3. Ang pagtitimbang ay kailangang hindi tumuon sa mga isyu ng pangsariling pagkatig (cf. taga-Roma 14:1-23; I taga-Corinto 8:1-13; 10:23-33)
4. Ang pagtitimbang ay makakikilala ng mga namumunong "walang pagtangan sa mga pagpula" mula sa loob ng iglesiya o komunidad (cf. I Timoteo 3).

**10:30** Ito ay tumutukoy sa isang hapag na kung saan ang mananampalataya ay nagpapasalamat at kumakain. Ang tanong ay nagtatakda ng kaangkupan ng pangkalahatang prinsipyo tungkol sa papaano isasagawa ang ating mga Kristiyanong karapatan, sa sumusunod sa v. 31.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:31-11:1

**31Kaya kung kayo'y nagsisikain man, o nagsisiinom man o anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat**
**sa ikaluluwalhati ng Diyos. 32Huwag kayong magbigay ng dahilang ikatitisod, sa mga Hudyo man, sa mga Griyego man,**
**o sa iglesiya man ng Diyos: 33Na gaya ko din naman, na sa lahat ng mga bagay ay nagbibigay lugod ako sa lahat ng mga**
**tao, na hindi ko hinahanap ang aking sariling kapakinabangan, kundi ang sa marami, upang sila'y mangaligtas.**
**11:1Maging taga tulad kayo sa akin, na gaya ko naman kay Kristo.**

**10:31 "gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos"** Ito ay ang pangkalahatang prinsipyo na angkop sa bawat bahagi ng buhay ng mananampalataya (cf. taga-Efeso 6:7; taga-Colosas 3:17,23; I Pedro 4:11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Glory at I taga-Corinto 2:7.

**10:32 "Huwag kayong magbigay ng dahilang ikatitisod, sa mga Hudyo man, sa mga Griyego man, o sa iglesiya man ng Diyos"** Ito ay tila tumutukoy sa tatlong pangkap. Ang unang dalawag ay kaugnay sa pag-e-ebanghelyo; ang huling pangkat ay sa pasasama sa iglesiya.

Ang terminong "iglesiya" ay maliwanag na ginamit sa isang pangkalahatang kaunawaan sa Mateo 16:18. Ang termino ay ginamit sa NT sa

1. isang lokal na kaunawaan (karamihang makikita)
2. isang pang-reliyong kaunawaan (cf. Mga Gawa 9:31; taga-Galacia 1:2)
3. isang pangkalahatang kaunawaan (cf. taga-Filipos 3:6; Hebreo 12:23)
4. isang pangkalawakang kaunawaan ng lahat ng mga nabubuhay at namatay na banal sa lahat ng panahon of lahat (cf. taga-Efeso 1:22; 5:23,24,25,27,29,32; taga-Colosas 1:18,24)

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya at 1:2.

**10:33 "Na gaya ko din naman, na sa lahat ng mga bagay ay nagbibigay lugod ako sa lahat ng mga tao. . .upang sila'y**

**mangaligtas"** Ang pag-e-ebanghelyo, hindi mga sariling karapatan, ang prayoridad ng mga lumalagong manampalataya (cf. 9:19-22).

▣ **"ang sa marami"** Sa Ingles, ito ay maaaring maunawaan bilang isang malaking bahagi ng buong pangkat. Gayunman, sa Hebreong kaisipan, ito ay isa lamang pampanitikang kaibahan ng "ang lahat." Ang pagkakaagapay na ito ay maaaring makita sa

1. Isaias 53:11, "ang marami" Isaias 53:12, "ng marami" Isaias 53:6, "sa ating lahat"
2. taga-Roma 5:18, "sa lahat ng tao. . .sa lahat ng tao"
   taga-Roma 5:19, "ang marami. . .ang marami"
3. Sa mga taga-Corinto 10:17, "kami na siyang marami" (dito, ginagamit ni Pablo ang terminong "marami" upang tumukoy sa buong pangkat ng mga mananampalataya)

▣ **"upang sila'y mangaligtas"** Ito ay ang layunin ng pangangaral ng ebanghelyo at Kristiyanong pamumuhay (cf. 9:19-22). Ang mga pangako ng Diyos sa Genesis 3:15; 12:3 ay natupad na ngayon. Ang nasirang pagsasama (i.e., ang napinsalang larawan ng Diyos sa sangkatauhan) ay napanumbalik sa pamamagitan ni Kristo. "Ang sinuman" ay maaari (cf. Ezekiel 18:23,32; Juan 1:12; 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

**11:1** Ang talatang ito ay tila kasama ng kabanata 10, hindi ng 11. Ang mga layuning pang-ebanghelyo at pagkilos ni Pablo ay kaagapay ng buhay at mga katuruan ni Hesus. Habang ginagaya ni Pablo Siya, ang mga mananampalataya sa Corinto ay kailangang tumuaon sa (1) kabutihan ng katawan (ang iglesiya) at (2) ang kaligtasan ng di-mananampalatayang mundo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga Israelita ba na namatay sa ilang ay espiritwal na napahamak?
2. Ano ang pangunahing layunin ng hapunan ng Panginoon?
3. Paanong ang isa ay mapagtitimbang ang Kristiyanong kalayaan at Kristiyanong pananagutan?
4. Ano ang kailangang maging pangunahing layunin ng ating kalayaan?

# I MGA TAGA-CORINTO 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | Mga suliranin sa buhay sa Kanayunan (11:2-14:40) | | Kagandahang-asal sa Pampublikong pagsamba (11:2-14:40) |
| Sinasaklob ang Ulo sa Pagsamba | Panaklob sa Ulo | Kaangkupan ng Bihis sa Pampublikong pagsamba | Sinasaklob ang Ulo sa Pagsamba | Asal ng isang Babae sa mga Paglilingkod |
| 11:2-16 | 11:2-16 | 11:2-16 | 11:2-12 | 11:2-6 |
| | | | | 11:7-12 |
| | | | 11:13-16 | 11:13-15 |
| | | | | 11:16 |
| Mga pang-aabuso sa Hapunan ng Panginoon | Pag-uugali sa Hapunan ng Panginoon | Mga utos sa harap ng mga Pag-abuso sa Hapunan ng Panginoon | Ang hapunan ng Panginoon | Ang hapunan ng Panginoon |
| 11:17-22 | 11:17–22 | 11:17-22 | 11:17-22 | 11:17-22 |
| Ang Samahan ng hapunan ng Panginoon | Samahan ng Hapunan ng Panginoon | | | |
| 11:23-26 | 11:23-26 | 11:23-26 | 11:23-26 | 11:23-27 |
| Pagsalo sa Hapunan ng Hindi karapat-dapat | Suriin ang Sarili | | | |
| 11:27-34 | 11:27-34 | 11:27-34 | 11:27-32 | |
| | | | | 11:28-32 |
| | | | 11:33-34 | 11:33-34 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 11:2-34

A. Ang mga ika-11 hanggang ika-14 na kabanata ay tumatalakay sa mga paksa ng natipong pagsamba. Sila ay bumubuo ng isang pinag-isang pampanitikang bahagi.
   1. panglalaki at pangbabaing kasuotan at kilos (11:2-16)
   2. pagtalima sa hapunan ng Panginoon (11:17-34)
   3. ang pagsanay sa mga espirituwal na kaloob (12-14)

B. Kapag sinabing "natipong pagsamba" ito ay may dalawang maaring mga tagpo.
   1. maliit na mga pangkat na palagiang nagtitipon sa mga kabahayan sa kabuuan, ilan sa mga mayayamang mga lugar, ilan sa mga etnikong tirahan, ilan sa mga tirahan ng alipin
   2. sa bawat panahon (walang kasiguraduha ang tiyak na balangkas ng oras) ang mga maliliit na mga bahay iglesiya na ito ay sama-samang itinipon para sa isang malawakang-lungsod nga pagsamba (i.e., ang *agape* na pagkain kasama ang pagdiriwang ng Komunyon)
   3. kung mayroon mang isang ibat-ibang uri ng panuntunan ang mga bhaay-iglesiya laban sa mga natipong pangyayari ay walang kasiguraduhan

C. Mayroong naging ilang paraan upang unawain ang vv. 2-16.
   1. Ang conteksto na ito ay pangungahing tinatalakay ang naaangkop na kagandahang-asal (cf. v. 13) sa natitipong pagsamba, hindi ang uganayn sa pagitan ng lalaki at babae (cf. vv. 11-12).
   2. Ang conteksto na ito ay tumatalakay sa bagong kalayaan kay Kristo kung saan ang mga Romanong lalaki at babae sa iglesiya ng Corinto ay ginagamit upang magparangal ng kanilang sosyal na kalagayan (kalalakihan) at kalayaan mula sa tradisyon at kultura (kababaihan).
   3. Ang conteksto na ito ay tumatalakay sa paglikhang ugnayan sa pagitan ng mga asawang lalaki at asawang babae (cf. taga-Efeso 5:22-31; I Timoteo 2:9-15).
      Ang angkop na ugnayan ay nababatay sa Genesis 2-3, na nagpapakita ng karapatang mauna ng lalaki dahil sa orihinal na paglikha kay Adan at ang naunang paghihimagsik ni Eba.
   4. Ang pagtalakay ni Pablo sa mga saklob sa ulo ay hindi para lamang sa babae, ngunit ito ay para rin sa lalaki. Gaya ng dati sa Corinto ang suliranin ay mula sa dalawang dako. Bilang isang tanda ng kanilang marangyang sosyal na kalagayan ang ilang lalaki ay sinasakloban ang kanilang mga ulo sa natipong pagsamba tulad ng ginawa nila sa pagkapagano. Bilang isang tanda ng kanilang sosyal na paglaya ang kababaihan ay tinatanggal ang kanilang belong pang-kasal kapag sila ay humantong na natipong pagsamba (cf. Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*, pp. 121-141). Ang teksto na ito ay ang tanging bumabagay sa Romanong Corinto. Sa buhay ng Hudyo at Griyego ang mga babae ay hindi karaniwang nagsusuot ng mga panaklob sa ulo.

      Tila ang hindi tiyak na contekstong ito ay bukas sa maramihang mga pagsalin. Ang mga saling ito ay mas maraming sinasabi tungkol sa mga kinikilingan ng mga tagapag-salin kaysa sa layunin ni Pablo. Ang teksto na naging at maaring unawain sa maraming paraan ng taimtin na mga mananampalataya ay tiyak na hindi gagamitin sa isang depinitibong, mapagmataas na paraan paghigpitant o itaguyod ang lugar at kagamitan ng kababaihan sa iglesiya o ang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae sa lahat ng edad at mga kultura. Humahanga ako na ang ilang mga mananampalataya itinapon ang talakayan ng pansaklob sa ulo ng lalaki at babae ng kabanata 11 papunta sa isang paksang kultural (kahit na si Pablo ay nanawagan sa Genesis 1-3), sa parehong oras, ay hinihingi ang hangganan ni Pablo sa mga kababaihan sa iglesiya bilang isang prinsipyo para sa lahat ng edad. Ito ay isang kawalan ng hindi pagbabago na nagsasanhi ng maraming kalituhan sa pagsalin. Ang pinaka mabuting dagling talakayan nitong magulo at emosyonal na paksa ay nasa *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Fee at Stuart, pp. 61-77 o *Gospel and Spirit*, ni Gordon Fee.

D. Ang kabanata na ito ay tinutulungan tayong makita na ang ilang teolohikong mga sagisag at pribilehiyo ay dapat na may hangganan o pinalawak kaugnay sa kultura kung saan ang isang ganap na Kristiyano ay makikita ang kaniyang sarili. Ang librong nakatulong sa akin sa bahaging ito ay Gordon Fee at Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, pp. 71-89.

E. Ito ay ang pinaka-unang naisulat na salaysay ng hapunan ng Panginoon/Eukaristiya/Komunyon.

F. Ang mga layunin ng hapunan ng Panginoon
   1. pakakaisa at pagsasama ng iglesiya
   2. paghahayag ng presensiya ni Hesus
   3. paghahayag ng makasaysayang pagpapakasakit ni Hesus
   4. paghahayag ng bagong nating ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo
   5. isang pagkilos na nagpapahayag ng nakaraang pangyayari at ang nalalapit na pagbabalik ni Kristo

6. isang mahalagang kilos ng pagsamba

Mula sa 10:16-17 tiyak na nakita ito ni Pablo karanasang ito bilang isang hamak na sagisag o pang-alala (cf. vv. 24-25). Gayunman, ang koseptong ito ay hindi napaunlad. Maaring ang Juan 6:41-71 (bagaman wala sa naunang konteksto ang nauugnay sa hapunan ng Panginoon) ay isang anyo ng espirituwal na pagkakaisa. Ang Kristiyanismo una sa lahat ay isang pansariling pananampalataya kaugnay ang may Tatlong pagkakaisang Diyos.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:2-16

**[2]ayo'y aking pinupuri nga, na sa lahat ng mga bagay ay naaalaala ninyo ako, at iniingatan ninyong matibay ang mga turo, na gaya ng ibinigay ko sa inyo. [3]Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng bawat lalake ay si Kristo, at ang pangulo ng babae ay ang lalake, at ang pangulo ni Kristo ay ang Diyos. [4]Ang bawat lalaking nanalangin, o nanghuhula na may takip ang ulo, ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo. [5]Datapuwa't ang bawat babaing nananalangin o nanghuhula na walang lambong ang kaniyang ulo, niwawalan ng puri ang kaniyang ulo; sapagkat siya ay isa at katulad ng babae na ang ulo ay inahitan. [6]Sapagka't kung ang babae ay walang lambong, ay pagupit naman; nguni't kung kahiyahiya sa babae ang pagupit o paahit, ay maglambong siya. [7]Sapagka't katotohanang ang lalake ay hindi dapat maglambong sa kaniyang ulo, palibhasa'y larawan siya at kaluwalhatian ng Diyos: nguni't ang babae ay siyang kaluwalhatian ng lalake. [8]Sapagka't ang lalake ay hindi nanggaling sa babae; kundi ang babae ay sa lalake: [9]Sapagka't hindi nilalang ang lalake dahil sa babae; kundi ang babae dahil sa lalake; [10]Dahil dito'y nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo ng tanda ng kapamahalaan, dahil sa mga anghel. [11]Gayon man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon. [12]Sapagka't kung paanong ang babae ay sa lalake, gayon din naman ang lalake ay sa pamamagitan ng babae; datapuwa't ang lahat ng mga bagay ay sa Diyos. [13]Hatulan ninyo sa inyo-inyong sarili: nararapat baga na manalangin ang babae sa Diyos nang walang lambong? [14]Hindi baga ang katalagahan din ang nagtuturo sa inyo, na kung may mahabang buhok ang lalake, ay mahalay sa kaniya? [15]Datapuwa't kung ang babae ang may mahabang buhok, ay isang kapurihan niya; sapagkat ang buhok sa kaniya'y ibinigay na pangtakip. [16]Datapuwa't kung tila mapagtunggali ang sinoman, walang gayong ugali kami, ni ang iglesiya man ng Diyos.**

**11:2** Bilang linaw ng mga nakaraang kabanata, ang isa ay magtataka kung ang talata na ito ay balintunay o pag-uyam. Ang iglesiya na ito ay hindi tinatandaan ang mga salita ni Pablo at hindi sumusunod sa kanyang mga turo (cf. 11:17,22). Maari na ito ay tungkol sa isa pang tanong ng iglesiya na isinulat nila kay Pablo.

▣
**NASB "iniingatan ninyong matibay ang mga turo"**
**NKJV "iniingatan ng mga turo"**
**NRSV "pinanatili ang mga katuruan"**
**TEV "sinusunod ang mga turo"**
**NJB "pinanatili ang mga turo"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang mga mananampalataya ay dapat ipagpatuloy na panghawakan ang mga katotohanang ipinangaral ni Pablo (cf. II taga-Thesalonica. 2:15). Ito ay ang pantay na kasunduan papunta sa paghalal.

Ang termino na "mga kaugalian" (*pardosis*) ay ginamit sa ilang kahulugan:

1. sa I taga-Corinto 11:2,23; 15:3 para sa mga katotohanan sa ebanghelyo
2. sa Mateo 15:6; 23:1ff; Marcos 7:8; taga-Galacia 1:14 ng mga kaugaliang Hudyo
3. sa taga-Colosas 2:6-8 sa mga haka-hakang Gnostiko
4. Ang mga Romanong Katoliko (Silanganin at pagkilalang Ruso) ay ginagamit ang talata na ito bilang isang biblical na patunay na teksto para sa mga kaugalian ng Banal na Kasulatan at iglesiya na maging pantay sa kapangyarihan
5. sa conteksto ito ay tumutukoy sa Apostolikong katotohanan, maaring sinabi o sinulat (cf. II taga-Thesalonica. 3:6)

▣ **"ang mga turo"** Marami sa mga impormasyon tungkol kay Hesus ay pasalitang ipinasa mula sa isang indibidwal papunta sa isa pa hanggang sa ito ay maisulat 30 hanggang 60 na tao matapos ang Kanyang kamatayan.

▣ **"na gaya ng ibinigay ko sa inyo"** Mayroong isang paglalaro sa salita ng Griyego sa pagitan ng "mga kaugalian" (*paradoseis*) at "inihatid" (*paredōka*), kung saan sila ay kapwa anyo ng *paradidōmi*. Si Pablo ay hindi ang maylikha, ngunit isang dugtong sa tanikala ng paghayag. Ang terminong "mga kaugalian" ay ginamit sa katotohanang Kristiyano na ipinapasa mula isa isang tao papunta sa isa pa (cf. 11:23; 15:3).

Si Pablo ay nakataggap ng impormasyon tungkol sa ebanghelyo mula sa ilang pinagmumulan.

1. Pangaral ni Steban (cf. Mga Gawa 7)

2. Ang mga Kristiyano na kanyang inuusig (cf. Mga Gawa 8:1-3; 9:1-2; 22:4,19)
3. Ananias (cf. Mga Gawa 9:10-18)
4. Ang kanyang panahon sa Arabia kasama si Kristo (cf. taga-Galacia 1:11-17)
5. Ang kanyang panhon sa Herusalem kasama sina Pedro at Santiago (cf. taga-Galacia 1:18-19)
6. Barnabas (cf. Mga Gawa 9:20-27; 11:25-26)

**11:3 "si Kristo ay ang pangulo"** Sa kanyang puna sa *1 at 2 Corinthians,* p. 103, Si F. F. Bruce ay sinasaysay na sa loob ng conteksto na *kephalē* ay sinusundan ng Bebreong *rosh* sa kahulugan ng pinagmulan o pinagkunan. Ang kahulugan ng *kephalē* ay hindi nakasulat sa Leksikong Griyego ni:

1. Bauer, Arndt, Gingrich, Danker
2. Moulton, Milligan
3. Louw, Nida
4. Moulton

Ito ay nagpapakita kung paanong ang conteksto (i.e., I taga-Corinto 11) ay pinapatunayan ang kahulugan, hindi isang talahulugan. Sa conteksto na ito ang "pinagkunan" o "pinagmulan" ay pinaka akma sa v. 3 bilang kaugnayan sa Genesis 1:26-27; 2:18 (cf. Kaiser, Davids, Bruce, at Brauch, *Hard Sayings of the Bible*, pp. 599-602).

Si Hesus ay ang kinatawan ng Ama paglikha (cf. Juan 1:3,10; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Ang mga taom lalaki at babae, ay Siya ang lumikha, mula sa Kanyang larawan. Gayunman, ang Anak ay mapagkumbaba sa kanyang Ama (cf. I taga-Corinto 3:23; 11:2; 15:28). Ang naangkop na pagpapakumbabang na ito ay sakop pati ang mga kalalakihan at kababaihan. Sila ay kapwa nilkha mula sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), ngunit mayroong isang kautusan, lalaki muna, saka ang babae (cf. Genesis 2:18) na nauugnay sa tungkulin (at least in isang patriarchal system), ngunit hindi sa hindi pagkakapreho! Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: ULO (*KEPHAL*□)

Nagkaroon ng masugid na teolohikong talakayan ukol sa kahulugan ng "head" (*kephalē*). Ang termino ay maaring maunawaan bilang

1. Ang katumbas nito sa Hebreong OT ay *rosh*, na maaring mangahulugang
   a. ulo
   b. puno
   c. simula
   d. kabuuang halaga
   (cf. *Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 3, pp. 1015-1020)
2. sa LXX ang *rosh* ay isinalin sa salitang Griyego na
   a. *archē* (simula, cf. Mga Awit 137:6)
   b. *prōtotokos* (una, cf. I Chr. 5:12)
   c. *kephalē* (ulo)
      (1) ulo ng isang tao
      (2) ulo ng isang hayop
      (3) tuktok ng isang bundok
      (4) tuktok ng isang tore (cf. Mateo 21:42)
3. sa NT ang *kephalē*
   a. ulo ng isang tao (cf. I taga-Corinto 11:4,5,7)
   b. ulo ng isang hayop
   c. pangwikain ng isang buong tao
   d. simulan o pinagkunan (cf. I taga-Corinto 11:3)
   e. kabuuan (cf. taga-Roma 13:9)
   f. pinuno
   g. asawang lalaki (cf. taga-Efeso 5:23)

(cf. *Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, pp. 156-163)

▣ **"ang pangulo ng babae ay ang lalake"** Ang mga terminong "lalaki" at "babae" ay maaring mangahulugang asawang lalaki at asawang babae (cf. NRSV, TEV). Sa conteksto na ito, ito ay hindi ang nilalayon na diin, ngunit ang kautusan ng paglikhang sinalamin sa Genesis 2.

▣ **"ang pangulo ni Kristo ay ang Diyos"** Ito ay isang inuulit na katotohanan sa I Corinthians (cf. 3:23; 11:3; 15:28). Ang kautusan sa loob ng Trinidad ay walang kinalaman sa hindi pagkakapantay-pantay, ngunit ito ay isang paghahati sa tungkulin. Ang katotohanang ito ay maaring ring maipahiwatig mula sa talakayan ng lalaki at babae. Ang Pagtutulungan ay ang tiyak na modelo bago ang Pagbagsak sa Genesis 3. Ang pagtutulungan na ito ay muling sinambit ng nabalik na ugnayan mga mananampalataya kasama ang Ama sa pamamagitan ng kanyang Anak (i.e.,Naibalik ni Hesus ang larawan sa kapwa

lalaki at babae na mga mananampalataya).

**11:4**

**NASB** **"Ang bawat lalaking nanalangin na may takip ang ulo. . . niwawalan ng puri ang kaniyang ulo"**
**NKJV** **"Bawat lalaking nanalangin o nanghuhula, na may takip sa kaniyang ulo, ay tinatanggalang-puri ang kanyang ulo"**
**NRSV** **"Ang sinuman na nanalangin o nanghuhula na may anumang bagay sa kanyang ulo, ay winawalang-puri ang ulo"**
**TEV** **"Kay ang isang taong nanalangin o naghahayag ng mensahe ng Diyos sa pangmadlang pagsamba na may takip sa ulo ay niwawala ng puri si Kristo"**
**NJB** **"Sapagkat ang sinumang manalangin o manghula na may takip sa kanyang ulo ay nagpapakita ng kawalang-galang sa kanyang ulo"**

Ito ay isang paglalaro sa salita ng "ulo." Ang ikalawang gamit ng salitang "ulo" ay tumutukoy kay Kristo (cf. TEV). Si Pablo ay nakikitungo sa isang kulturang Romano na ang mga anyo at sagisag ay ganap na kabaligtaran ng kulturang Hudyo (i.e., sinasakluban ng mga lalaki ang kanilang ulo). Ang tunay na paksa ay hindi kung sino ang may saklob ang ulo, ngunit ang sagisag ng (1) pinagmulan o (2) pagpapakumbaba, kung saan ay kapwa teolohikal na may kabuluhan.

Naimungkahi na ang makasaysayang lagay ng Corinto na:

1. ang sosyal, politikal, at pinansyal na mga pinuno ay ginawa ang pagsamba ng may saklob sa ulo upang maihiwalay nila ang kanilang mga sariling sa karaniwang
2. na ang mga Hudyo sa sinagoge sa Corinto ay piangsuot ang mga kababaihan ng isang belo at ang mga naniniwalang Hudyo ay umaasang ng ganoon din sa iglesiya

Mayroong isang teolohikong pag-igting sa pagitan ng talata na ito, na tila nagpapatibay ng pamumuno ng kababaihan sa pagsamba kasama ang tanggap na saklob na inihambing sa 14:34-35, kung saan ang kababaihan (o kahit man lang "mga asawang babae," v. 35) ay pinagbabawalang magsalita sa iglesiya.

Ang ilang mga pangkat ay gumawa ng panawagan ng paliwanag sa kabanata 11, samantalang ang iba ay ginamit ang kabanata 14. Ito ay dapat kilalanin na ang susi sa sipi na ito ay ang unang dekadang tagpo ng Corinto, ngunit kung saang aspeto ay hindi malinaw sa atin ngayon. Ang unang dekadang iglesiya ay alam ang pamumuno ng kakabihan sa OT at sila ay may kamalayan ng paggamit ni Pablo ng kababaihan sa kanyang ministeryo (cf. taga-Roma 16). Nauunawaan nila ang paksa sa Corinto at ang kulturang Romano ng hindi natin alam. Ang Dogmatismo ay hindi naangkop!

Isang kamakailangan libro, *After Paul Left Corinth: The Influence of Secular Ethics and Social Change*, by Bruce W. Winter, pp. 121- 141, ay nag-aalok ng napaka matulunging mga kabatiran mula sa Romanong panitikan at sining. Ito at ang ibang mga artikulo (i.e., E. Fantham, "Ang 'Bagong Babae': Pagkatawan at Katotohanan," in *Women in the Classical World*, kabanata 10, at P. W. J. Gill, "Ang Importance of Roman Portraiture for Head Coverings in I Corinthians 11:2-16," TynB 41.2 (1990): pp. 245-260 at "In Search of ang Social Elite in ang Corinthian Iglesiya," TynB 44.2 (1993): pp. 323-337), ay pinapakita sa mga kasalukuyang taga-salin kung paanong ang unang dekada ng Corinto ay Romano, hindi Griyego, sa kultura.

Sa mga bagong dokumentedong kabatiran na ito mula sa unang dekadang Corinto na Romano, maaring magsimula ng makita ang mga suliraning kulutral na hinarap ni Pablo sa librong ito.

1. Si Pablo ay hindi binabanggit ang kulturang Hudyo o ang kulturang Griyego man lang conteksto na ito.
2. Si Pablo ay nagbabanggit ng dalawang pangkat na mayroong mataas na sosyal na kalagayan.
   a. Mayaman, piling mga tao, ang lalaking mga mananampalataya ay nagpapakita ng kanilang mga katayuan sa pamamagitan ng pagsaklob ng kanilang mga ulo habang nangunguna sa publikong pagsamaba, bilang isang kaugalian para sa sosyal na uri na ito, habang nangunguna sa pambayang Griyego-Romanong panrelihiyong pagsamba. Sila ay nagpaparangal na kanilang mga sarili.
   b. Ang mayaman, at piling mga asawang babae ay tinatanggal ang kanilang mga inaasahang mga belo upang iparangal ang kanilang pagkakapantay, hindi lamang kay Kristo, ngunit pati rin sa isang sosyal na pahayag, tulad ng ibang mga Romanong babae ng panahong iyon.
3. Ang mga mamayan ng Romanong Corinto, na mausisa sa Kristiyanong pananampalataya at kasanyan sa pagsamaba, ay magpapadala ng isang "sugo" (i.e., angels of v. 10 maaring tumukoy sa mga katulong o kinatawang pinadala para sa kanilang mga amo) upang tingnan ang mga pagpupulong.

Ang makasaysayan/kultural/panlipunang impormasyon na ito ay nagpapakita ng magandang pakahulugan sa isang napakahirap at pinagtatalunang teksto. Ito ay naakma rin sa ibang teksto sa I Corinthians, kung saan malinaw na sinasalamin ang isang kakaibang unang dekadang, taga-Corinto na tagpuan!

## NATATANGING PAKSA: KABABAIHAN SA BIBLIYA

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)

2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
4. mga kababaihang sinasam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)

B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
5. ang mga anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
6. bahagi ng tao ng kasunduan (Deuteronomio 29:10-12)
7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronicles 25:5-6)
9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)

C. Ang mga kababaihan ay nasa mga tungkuling pamumuno
1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Mikas 6:4)
2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Cronika 34:22-27)
5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya

II. Ang Bagong Tipan

A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno
1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Mga Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Mga Gawa 21:8-9)
5. Febe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (taga-Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Mga Gawa 18:26; taga-Roma 16:3)
7. Maria, Trifena, Trifosa, Persida, Julia, Kapatid ni Nereo, maraming mga kababaihang kamanggagawa ni Pablo (taga-Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (taga-Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (taga-Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?
1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan.
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Mga Gawa 15; taga-Galacia 3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng paganong Roma (I taga-Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I taga-Corinto 7:20-24)
      (3) pagkasoltero (I taga-Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I taga-Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa diyus-diyosan (I taga-Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I taga-Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to isang partikular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na

suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I taga-Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos at Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Gayunman, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. taga-Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I taga-Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. taga-Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Mga Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabisa.

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at malugod ang Diyos sa mga babaing namumuno? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, at *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa
*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)
*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee
*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Pedro H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

**11:5 "Datapuwat ang bawat babaing nananalangin o nanghuhula na walang lambong ang kaniyang ulo"** Ito ay masidhing nagpapatiwatig na sa kanyang nakasaklob na ulo siya ay maaring magdasal at manghula sa mga pampublikong pagpupulong. Ang termino na "nanghuhula" sa librong ito ay nagngangahulugang "pagbabahagi ng ebanghelyo" o "pangangaral sa publiko" (cf. 14:39). Ang mga talatang 4 at 5 ay magkaparehong nauugnay sa kung ano ang ginagawa ng lalaki at babae habang nakikisama sa isang pangkat na pagsamba. Tingnan ang Natatanging Paksa: Bagong Tipang Paghula sa I taga-Corinto 14:1.

▣ **"niwawalan ng puri ang kaniyang ulo"** Ang Corinto ay isang Romanong kolonya at sinalamin ng kulturang Romano. Ang mga Romanong babae ay maarin nang mag-asawa sa kanilang sinaunang kabataan. Ang belo ay isang kultural na aspeto ng pag-aasawa. Ito ay inaasahang suotin sa labas ng tahanan ng mga Romanong babae. Ang kawalan nito ay makikita bilang

1. isang nakakahiyang babae
2. isang patutot
3. isang dominanteng nakikiapid sa kapwa babae
4. isang "bagong" babae (i.e., isang panlipunang kilos ng pagkakapantay at malayang kabilang lipunang Romano sa unang dekada)

Ang isang babae na nagpaparangal sa kanyang sarili sa ganitong paraan ay ipapahiya ang kanyang asawa sa at nagbibigay ng maling impresyon tungkol sa iglesiya ng mga bisita at ng komunidad. Ginagawa ni Kristo ang mga lalaki at mga babaeng malaya, ngunit bawat ay mayroong isang obligasyon upang lagyan ng hangganan ang kanilang kalayaan para sa kabutihan ni Kristo. Ang kababaihan at kalalakihan, mga asawang babae at asawang lalaki na mga mananampalataya ay tinatawagang mamuhay para sa kalusugan at pagyabong ng Kaharian! Ito ay ang tema ng I Corinthians 8-10 at ito ay itinuloy

sa kabanata 11.

▣ **"siya ay isa at katulad ng babae na ang ulo ay inahitan"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Mayroon ilang maaring paraan upang maunawaan ang pariralang ito.

1. ito ay tumutukoy sa karaniwang kasuoan ng mga lokal na patutot
2. ito ay isang kultural na kilos ng publikong panghihiya ng isang nakikiapid na babae
3. ito ay nagpakita na ang mga nakakahiyang babae ay inilalarawan sa mundong Mediterranean bilang mga taga-sunod ng isang "Lihim na mga Relihiyon"
4. ito ay tumutukoy sa isang panlipunang kilos na hindi inaasahan sa mga Kristiyanong kababaihan na pagputol ng napakikli ng kanilang mga buhok upang ipkaita ang kanilang bagong kalayaan (i.e., isang kultural na knahiligan noon sa unang dekada ng Roma at ng mga kolonya nito)

Sa maraming mga pinagpipiliang puna ang #1 ay binigyang-diin. Ito ay isinaysay na to ay dapat tumukoy sa mga temple ng mga patutot ni Diana. Gayunman, ang templong ito sa Acropolis ay nawasak ng isang lindol 150 taon bago ang panahon ni Pablo at walang mga makasaysayng patunay na ito ay gumagana pa. Wala ring patunay na ang mga patutot sa Gresya ay nag-ahit ng kanilang mga ulo.

Ang susing tanong ay "Ano ang paksang binabanggit ni Pablo?"

1. naangkop o inaasahang kultural na kasuotang pangsamaba at kilos
2. pag-abuso sa personal na kalayaan
3. ang appropriate relationship sa pagitan ng
   a. kalalakihan at kababaihan
   b. mga asawang lalaki at mga asawang babae
   c. mga anghel at kababaihan (v. 10)
   d. kultura at kababaihan (v. 13)

Nagawa ko ng maunawaan ang #1 bilang ang pinaka angkop, binabanggit kapwa ang mga asawang lalalki at mga asawang babae na hindi nadadala sa kanilang bagong kalayaan kay Kristo, ngunit dahil sa kanilang mapilit na pagtanggi upang isantabi ang kanilang mga kultural na pribilehiyo at magtrabaho tungo sa pagkakaisa at paglago ng iglesiya.

**11:6 "kung. . .kung"** Mayroong dalawang UNANG URING MAY PASUBALI na parirala sa talata na ito kung saan ito ay ipinalagay bilang ang tunay na anyo ng pananaw ng may akda o para sa kanyang layuning pampanitikan. Mayroong mga Kristiyanong kababaihan sa iglesiya na tumangging magsaklob ng kanilang ulo, ngunit nais paring maging aktibo sa isang tinipong pagsamba. Ito ay tanggap ng lipunan. Ang mga mananampalataya ay dapat lagyan ng hangganan ang kanilang bagong kalayaan kay Kristo para sa

1. mga mas mahihina sa iglesiya (cf. taga-Roma 14:1-15:13)
2. mga inaasahang kultural ng lipunan ng ng iglesiya na naghahangad na magturo ng Ebanghelyo at magsama

▣

**NASB "ay walang lambong"**
**NKJV "ay walang takip"**
**NRSV "ay hindi magbebelo"**
**TEV "ay hindi nagtakip ng kanyang ulo"**
**NJB "ay lumabas na walang belo"**

Ang makasaysayang tala sa paggamit ng mga takip sa mukha (i.e., mga belo) o hanggang balikat na saklob sa ulo ng mga sinaunang tao ng Mediterranean ay napaka-matulungin. Naitala ko ang pinakakasalukyang patunay sa mga tala sa 11:4. Ang mga Romanong babae na may asawa, hindi nabalo, at hindi isang patutot, ay kultural na inaasahang magsuot ng isang belo sa publiko bilang isang tanda na sila ay may asawa na. Mayroon lamang kaunting walang asawang babae sa sinaunang mundo ng Mediterranean.

Sa kulturang Hudyo ang pangmukhang belo ay ginagamit bilang isang tanda ng

1. ketong, Levitico 13:45
2. pagluluksa para sa patay, Ezekiel 24:17,22
3. kahihiyan, Mikas 3:7
4. pag-aasawa, Genesis 24:65
5. pagmamasama, Genesis 38:14-15

Gayunman, tandaan na si Pablo ay <u>hindi</u> nagtutukoy sa kulturang Hudyo sa kalahatan dahil sa kulturang iyon ang mga kalalakihan ay nagsasaklob ng kanilang ulo sa pagsamba.

▣ **"hayaan siyang pagupit"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS. Ito ay sinadyang tanggapin na literal. Si Pablo ay hindi nagtataguyod ng isang publikong paghihiya sa mga kababaihang Kristiyano, ngunit siya ay nagsasaysay ng kultural na kahihinatnan para sa hindi naangkop na mga gawain!

▣ **"hayaang maglambong"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ang kababaihang Kristiyano para sa

kapakanan ni Kristo ay sumusunod sa inaasahang kultura upang magawang maabot ang mga tao para sa kaligtasan at maging kasapi sa iglesiya. Ang mga anyo ay magbabago mula sa isang kultura papunta sa isang kultura at panahon papunta sa isang panahon! Ang layunin ay nananatiling pareho (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

**11:7 "larawan siya at kaluwalhatian ng Diyos"** Ito ay tumutukoy sa Genesis 1:26-27, ngunit sa conteksto ng talata na ito sa Genesis 1:26 ang salitang "tao" ay karaniwan. Teolohikal na nagsasalita ito ay walang kasiguraduhan kung ano ang tiyak na "larawan at pagkakapareho" sa Genesis 1:26-27 ay tumutukoy. Marami sa mga nag-aaral ay iniuugnay sila sa katauhan, sariling kamalayan, moral na pananaw, kakayahang pumili, kakayahang umugnay sa ibang "tauhan". Mayroong isang malinaw na pagtutulungan sa pagitan ng kapwa kalalakihan at kababaihan sa Genesis 1:26-27 at 2:18. Ang suliranin ay dumating sa Genesis 3:16! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

**11:8**
**NASB "Sapagkat ang lalake ay hindi nanggaling sa babae; kundi ang babae ay sa lalake"**
**NKJV "Sapagkat ang lalake ay hind mula sa babae, ngunit ang babae ay mula sa lalake"**
**NRSV "samakatuwid, ang lalake ay hindi ginawa mula sa babae, ngunit ang babae ay mula sa lalake"**
**TEV "sapagkat ang lalake ay hindi nilikha mula sa babae, ngunit ang babae ay mula sa lalake"**
**NJB "sapagkat ang lalake ay di galing sa babae; walang babae ang galing sa lalake"**

Ang termino na "nanggaling" ay wala sa Griyego teksto. Ito ay PANG-UKOL lamang na *ek* (i.e., labas ng), tulad sa v. 12. Si Pablo ay nagsasaysay ng ayos ng paglikha sa vv. 7 at 9 mula sa Genesis 2 (i.e., si Adan muna, saka si Eba). Gayunman sa vv. 8-9,11, Isinasaysay ni Pablo ang kanilang parehong pag-asa (kung saan ito ay napapahiwatig sa Genesis 1:27 at 2:18).

**11:9 "hindi nilalang ang lalake dahil sa babae"** Dapat nating tandaan na ang pahayag ni Pablo sa taga-Galacia 3:28 sa pagkakapantay ng mga kababaihan hindi ang nabuong pagkakaiba sa pagitan ng mga kasarian, kahit man lamang sa panahong ito. Ang buong pagkakapantay ng kalalakihan at kababaihan kay Kristo ay hindi agad tinatangal ang lahat ng kultural/tradisyunal na paperl na inaasahan. Ang mga mananampalataya (lalaki at babae) ay hindi nagrarangal ng kanilang personal na kalayaan, na maaring makasira ng reputasyon ng iglesiya sa gitna ng mga hindi naniniwalang mga kultura. Ang mga nasa tamang pag-iisp na mga mananampalataya ay nilalagayan ng hangganan ang kanilang kalayaan kay Kristo para sa kapakanan ng Kanyang Kaharian. Ang mga mananampalataya ay mayroong isang pansamahang pananagutan sa (1) katawan ni Kristo at (2) ang hindi naniniwalang komunidad!

**11:10 "Dahil dito'y nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo *ng tanda* ng kapamahalaan"** Ang teksto na ito, tulad ng iba sa conteksto na ito, ay maaring maintindihan sa ilang paraan. Ang susing paksa ay kung ano ang kinakatawan ng "kapangyarihan" (i.e., *exousia*)?

Una, ito ay dapat maitala na ang *exousia* ay madalas naiiugnay sa *dunamis*. Si Otto Betz ay may isang kawili-wiling artikulo sa *exousia* sa *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, pp. 606-611. Ito ay ang limang mga halimbawa.

> "Ito ay katangian para sa NT na ang *exousia* at *dunamis* ay kapwa may kaugnayan sa trabaho ni Kristo, ang bunga ng bagong pag-aatas ng pangkalawkaang anyo ng kapangyarihan at ang pagpapalakas ng mga mananampalataya" (p. 609).
>
> "Ang *exousia* ng mga mananampalataya. Ang kapangyarihan ng isang Kristiyano na mananampalataya ay nagmula sa batas ni Kristo at sa pagaalis ng lahat ng kapangyarihan. Ito ay nagpapahiwatig ng kapwa kalayaan at serbisyo" (p. 611).
>
> "Siya ay malayang gawin ang kahit ano (I taga-Corinto 6:12; 10:23 *exestin*); ang pagsaysay na ito, kung saan ito ay una nang ginawa ng sekretaryang tagahanga sa Corinto, ay kinuha ni Pablo na kinilala ito bilang tama" (p. 611).
>
> "Sa kasanayan, gayunman, itong teolohikal na natatakdaang kalayaan ay nasasaklaw ng pagsasaalang-alang ng kung ano ang makakatulong sa ibang indibidwal, Ang mga Kristiyano at ang pagtitipon bilang isang kabuuang tanaw ng katotohanan na ang ganap na pagtubos ay darating parin (I taga-Corinto 6:12; 10:23)" (p. 611).
>
> "'Ang lahat ng bagay ay ayon sa batas [*exestin*] para sa akin,' ngunit hindi lahat ng bagay ay nakakatulong. 'Lahat ng bagay ay ayon sa batas [*exestin*],' ngunit hindi lahat ng bagay ay tumatayo. Huwag hayaang hanapin ng isa ang kanyang kabutihan, ngunit ang kabutihan ng kanyang kapitbahay" (I taga-Corinto 10:23ff). Ang sipi sa loob ng mga siping ito ay maaring ang mga sawikain ng mga mahalay sa Corinto. Si Pablo ay sinasalungat ito sa pamamagitan ng pagamin ng katotohanan, ngunit sa pagpapaktia noon ito ay hindi ang buong katotohanan" (p. 611).

Si Pablo ay ginagamit ang dalawang termino na madalas sa kanyang mga sulat sa iglesiya sa Corinto.

1. *exousia*, I taga-Corinto 7:37; 9:4,5,6,12 (dalwang beses),18; 11:10; II taga-Corinto 13:10
2. *dunamis*, I taga-Corinto 1:18; 2:4,5; 4:19,20; 5:4; 15:24,43; II taga-Corinto 4:7; 6:7; 8:3 (dalawang beses 12:9; 13:4 (dalawang beses)

Ang karapatan at kapangyarihan ay pangunahing paksa ng kapwa ang mga legalista at ang mga mahalay. Sinusubukan ni Pablo gumawa ng isang linya sa pagitan ng kapwa na sukdulan. Sa conteksto na ito ang kababaihang Kristiyano ay hinihikayat na tanggapin ang Diyos-binigyan ng utos sa paglikha (i.e., Kristo-lalaki-babae) para sa layunin ng pagsulong ng Kaharian. Isinasaysay ni Pablo ang orihinal na pagtutulungan (cf. Genesis 1:26-27; 2:18) sa mga talatang 11-12. Ito ay napaka teolohikal na mapanganib sa

1. ihiwalay ang isang talata sa conteksto na ito
2. gamitin ang isang matibay mapamaraan ng isang pananampalatayang parilya paksa ng ugnayan ng kalalakihan at kababaihan/mga asawang lalaki at mga asawang babae ng unang dekada ng bawat kultura sa bawat dekada
3. upang mawalan si Pablo ng balanse sa pagitan ng kalayaang Kristiyano at pananagutan ng samahang tipang Kristiyano

Saan nakuha ng mga kababaihang Kristiyano ang kalayang sumali billang isang pinuno sa isang tinipong (i.e., bahay-iglesiya) pagsamaba? Tiyak na hindi mula sa sinagoge. Sa isang bang kultural na kasanayan mula unang dekada ng lipunang Romano? Ito ay tiyak na maari at sa aking opniyon ay nakatutulong maipaliwanag ang maraming aspeto ng kabanata na ito. Gayunman, ito ay maari rin na ang kapanyarihan ng ebanghelyo, ang pagpapanumbalik ng orihinal na "larawan ng Diyos" na nawala noong Pagbagsak, ay ang pinagkunan. Mayroong isang kagulat-gulat na bagong pagkakapantay sa lahat ng bahagi ng buhay ng tao at lipunan. Ngunit ang pagkapantay na ito ay maaring maging isang lisensya sa personal na pag-abuso. Itong hindi naangkop na karugtong ay ang binabanggit ni Pablo.

Ang kay F. F. Bruce, na *Answers to Questions*, ay nakatulong sa akin na pag-isipan ang maraming mga pinagtatalunang mga paksa na may kaugnayan sa tradisyon ng iglesiya sa kasalukyang kanluraning Kristiyanismo. Bilang isang tagapagsalin iniisip ko na ang mga pansaklob ng mga kababaihan ay naglalayong ipakita ang pagiging mapagkaloob ng Diyos (o ang pagkakapantay ng Genesis 1:26,27), hindi ang kapangyarihan ng kanyang asawa. Gayunman, hindi ko mahanap ang salin na ito sa lahat ng mga biblical na pinagkukunan na ginagamit ko, kaya naman, ako ay nagaatubili na ilagay ito sa mga puna o ipangral/ituro ito. Naalala ko pa ang sabik at kalayaang naramdaman ko ng si f. F. Bruce ay naisip ang parehong bagay (see *Answers to Questions*, p. 95). Sa aking palagay lahat ng mga mananampalataya ay tinawagan, sa buong panahon, ay mga pinagkalooban na ministeryo ni Kristo!

▣ **"dahil sa mga anghel"** Mayroong tatlong linya ng salin sa sipi na ito na nauugnay sa mga anghel.

1. na ang sanggunian ay ang mga anghel bilang mga kinatawan ng Diyos na sila ay nasa ating mga pagsambang serbisyo bilang mga tagapagmasid, I taga-Corinto 4:9; I Timoteo 5:21; Mga Awit 138:1; at pati ang mga balumbon sa Dagat na Patay
2. na ito ay mga masasamang anghel na mayroong sekswal na pagnanasa tulad ng mga anghel sa Genesis 6:2; II Pedro 2:4; at Judas 6; ang mga anghel ay madalas banggitin sa I Corinthians (cf. 4:9; 6:3; 11:10; 13:1)
3. isalin ang *aňgelous* bilang "tagpaghatid" imbis na "mga anghel"

Ang mga termino para sa tagpaghatid at anghel ay pareho sa kapwa Hebreo (i.e., *malak*) at Griyego (i.e., *aňgelos*). Ang teorya na ito ay mula sa unang dekadang mga kaugaliang panlipunan (cf. Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*, pp. 133-138). Ang isang tao na may katayuan ay hindi bibisita sa isang bahay iglesiya ng hindi nagpapadala ng titingin muna ng pulong. Ito ay mas malinaw kaysa sa subukang pagdugtungin ang v. 10 sa mahalay na mga anghel o mga anghel na nag-aalala sa ankop na kagandahang-asal (cf. Mga Awit 138:1) sa tinipong pagsamba.

**11:11-12 "ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon"** Ang mga talatang to ay nagbibigay-diin sa pagkakapantay sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan (cf. Genesis 1:26-27; 2:18; taga-Galacia 3:26-29).

Ang kalayang ito (i.e., bumalik sa naunang anyo ng paglikha sa Genesis 1:26-27) ay dapat maipahayag sa naangkop na paraan sa loob ng iasng bumagsak ang kultura. Walang nakapagtataka sa pagpapatibay ni Pablo sa pagtubos ni Hesus nu lubusang nabago ang kalagayan ng mga mananampalataya! Tayong lahat ay isa kay Kristo. Ang lyaunin natin ngayon ay tumulong sa ating mga nalihis na kapitbahay at ang mga mamamayan ay mahanap din ang parehong pagtubos. Mayroon paring mga panlipunang suliranin sa bawat kultura. Hindi dahil kaya ng mga mananampalataya, hindi ibig sabihin na dapat gawin ng mga mananampalataya!

Ang gamit ng "mula" (i.e., *ek*, literal na "mula sa") konteksto na ito (dalawang beses) ay tila nagpalakas sa gamit ng "ulo" bilang "pinamulan." Ang babae ay mula sa lalaki; ang lalaki ay mula sa Diyos. Ang salaysay sa Genesis ay nagbibigay rin ng batayan para "ulo" bilang isang angkop na ayos ng paglikha. Ang kapwa kalayaan kay Kristo at pagpapakumbaba (cf. taga-Efeso 5:21) ay naangkop kapag ang ikabubuti ng iglesiya ay ang tunay na layunin.

**11:13-15** Ginamit ni Pablo ang parehong panimula sa 10:15 kung saan ito ay maaring maging mapang-uyam, ayon sa ganyang paggamit ng "pantas" (cf. 4:10; II taga-Corinto 11:10), ngunit dito ito ay tila hindi mapang-uyam kung hindi ito ay ginamit bilang "matalinong pag-iisip." Ginagamit ni Pablo ang taga-Corinto.Griyego-Romano/unang dekada na pag-uugali.

1. Ang mga may asawang babae ay dapat nakabelo kapag nasa labas o sa mga pagsambang gawa (v. 13).
2. Ang mga batang lalaki sa Corinto ay pinuputol ang kanilang mahabang buhok sa pagbabago sa karampatang gulang

(i.e., sa ika-sampung taong gulang). Ang pagpapanatili ng mahabang buhok ay isang kultural na tanda ng pagkakababae o homoseksualidad (v. 14).

3. Ang mga babaeng maikli ang buhok ay kinikilalang sa alinman
   a. isang hiniya sa publiko
   b. isang patutot (v. 15).

Ito ay hindi mga espirituwal na kabatiran o mga biblical na kabatiran (i.e., hindi sila akma sa mga kaugaliang Hudyo), ngunit mga kultural na kabatiran.

**11:13 "inyo-inyong sarili"** Ito ay MARIIN.

**11:14-15 "kung. . .kung"** Ito ay kapwa PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI, na nagsasabi ng maaring mangyari

Iba't-ibang mga salin sa Ingles ang binabantasn ang mga talata na ito bilang (mga)tanong (i.e., NRSV, NJB); mga pahayag (i.e., NASB, TEV); o isang tanong at isang pahayag (i.e., NKJV). Ang KATAGA na nagsasad ng isang tanong sa v. 14 ay nagpapahiwatig ng isang tanong na inaasahan ang isang "oo" na kasagutan.

**11:16 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI kung saan ito ay ipinalagay na tuany na anyo ng pananaw ng may akda o para sa kanyang layuning pampanitikan. Mayroong mga palatutol na mga Kristiyano sa iglesiya sa Corinto.

▣
**NASB "kung tila mapagtunggali ang sinoman"**
**NKJV "sinuman ay tila nakikipagtunggali"**
**NRSV "sinuman ay nakahandang makitunggali"**
**TEV "sinuman ay nangangatuwiran na makipagtalo"**
**NJB "sinuman ay nais mapipagtunggali"**

Ang PANDIWA ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na patuloy na kilos. Ang pagtutol ay isang patuloy na ugali nila. Gusto nila ng away at pagtatalo!

Ang termino "palatutol" ay isang tambalan ng *philos* (i.e., pag-ibig) at *veikos* (i.e., palayo). Ito ay ginamit ng mga Apostol at ang Huling Hapunan sa Lucas 22:24.

▣ **"walang gayong ugali kami, ni ang iglesiya man ng Diyos"** (cf. v. 4:17). Si Pablo ay hindi sila binibigyan ng kahit anong natatangi (cf. 4:17; 7:17; 11:16; 14:33). Ang iglesiya na ito ay nagpapakaluwalhati sa karunungan at kalayaan. Akala nila ay mayroon silang karapatan na mamuhay ng kaiba sa ibang mga iglesiyang Kristiyano. Isinasaysay ni Pablo hindi!

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya (*ekklesia*) sa 1:2.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:17-22

**[17]Datapuwa't sa pagtatagubilin sa inyo nito, ay hindi ko kayo pinupuri, sapagkat kayo'y nangagkakatipon hindi sa lalong mabuti kundi sa lalong masama. [18]Sapagka't unauna'y nababalitaan ko na kung nangagkakatipon kayo sa iglesiya, ay mayroon sa inyong mga pagkakabahabahagi; at may kaunting paniniwala ako. [19]Sapagka't tunay na sa inyo'y mayroong mga hidwang pananampalataya, upang yaong mga napatunayan na ay mangahayag sa inyo. [20]Kung kayo nga ay nangagkakatipon, ay hindi kayo maaaring magsikain ng hapunan ng Panginoon; [21]Sapagka't sa inyong pagkain, ang bawat isa'y kumukuha ng kanikaniyang sariling hapunan na nagpapauna sa iba; at ang isa ay gutom, at ang iba'y lasing. [22]Ano, wala baga kayong mga bahay na inyong makakanan at maiinuman? o niwawalang halaga ninyo ang iglesiya ng Diyos, at hinihiya ninyo ang mga wala ng anoman? Ano ang aking sasabihin sa inyo? Kayo baga'y aking pupurihin? Sa bagay na ito ay hindi ko kayo pinupuri.**

**11:17** Si Pablo ay nagsisimula ng isang bagong paksa, ngunit ang mapagmalaking ugali ng ilang mga taga-Corinto na mga mananampalataya ay nanatiling malinaw. Ang paksa ay nagbabago, ngunit ang karaniwang suliranin ay hindi nagbago.

1. ang kanilang pagmamataas
2. ang kanilang pagdiin sa personal na kalayaan
3. ang kanilang pagpalagay sa karunungan

Lahat ng mga paksa ni Pablo ay nagbabanggit (cf. 7:1,25; 8:1; 16:1), kung saan ito ay ipinadala sa kanya gamit ang mga sulat, ay umiikot sa parehong mga suliranin.

Kahit ang kanilang sama-samang pag-ibig na pista (cf. Judas v. 12) ay naging isang "mas marami para sa akin" na pista! Karapatan, kakayahan, at katayuan ay lumagpas sa pag-ibig, serbisyo at ang kalusugan ng Katawan.

▣ "hindi ko kayo pinupuri" Pinagtibay sila ni Pablo sa 11:2, ngunit sa bahaging ito kaya niya lang sila pagalitan.

**"nangagkakatipon"** Ito ay isang Griyego tambalan na terminong *sunerchomai*. Si Pablo ay mahilig sa mga tambalan na *sun*. Ang PANG-UKOL ay talagang "magkasama." Ang termino na ito ay nagpapahayag ng parehong ideya sa sinagoge, kung saan ito ay tumutukoy sa sama-samang pulong ng mga mananampalataya. Ang mga kabanatang 11-14 ay tumatalkay sa tinipong pagsamaba (cf. 11:17,18,20,33,34; 14:23,26).

Ako ay nagtatako kung paanong ang "pagsama-samang" ito ay gumana. Makikita na mayroong ilang iba't-ibang mga bahay-iglesiya sa Corinto, maaring ang pinagmulan ng ng ilang mga pangkat. Binabatid ba ni Pablo dito na lahat ng bahay-iglesiya ay nagtitipon para sa hapunan ng Panginoon?

**11:18 "unauna'y"** Ang parirala na ito ay maaring maunawaan sa dalawang paraan.

1. ng unang kahalagahan (NKJV)
2. ang una sa dalawa o higit pang paksa, subalit, walang nabanggit na "ikalawa," etc. sa konteksto
3. ang parehong gramatikong katangian ay makikita sa taga-Roma 1:8

**"mayroon sa inyong mga pagkakabahabahagi"** Ang mga hating ito ay unang nabanggit sa 1:10-17 at 3:3-4, ngunit ang kanilang presensya ay pinagpalagay sa buong libro. Sa konteksto na ito ang paghahati ay hindi sa mga pinuno, ngunit ito ay hinati sa pamamagitan ng kanilang sosyo-ekonomikong mga salik. Ito maaring ipakahulugan ang mga pangkat na kumakatawan sa mga katayuan sa lipunan gayundin sa teolohikong pagpapahalaga.

**11:19**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Sapagka't tunay na sa inyo'y mayroong mga hidwang pananampalataya"** |
| **NRSV** | **"totoo ngang mayroong pagkakahati-hati sa inyo"** |
| **TEV** | **"Walang dudang may pagkakahati-hati sa inyo"** |
| **NJB** | **"na mayroong iba't-ibang nagtutungaliang pangkat sa inyo"** |

Ang termino ay "pangkat" (v. 19, i.e., *hairesis*), kung saan makukuha natin ang salitang Ingles na hindi pagsang-ayon. Ang karaniwang pinagmulan ng salita ay "upang pumili" o "piliin," ngunit kasama ang idinagdag na kahulugan ng pagpapakita ng natataning pabor, ang pagpili ng isa at pagtanggi sa ibang pagpipilian (cf. Mga Gawa 24:14; I taga-Corinto 11:19; taga-Galacia 5:20). Ito maaring gamitin upang ilarawan ang (1) isang taong naniniwala sa maling pangaral (cf. Titus 3:10) o (2) ang mismong maling pagtuturo (cf. II Pedro 2:1).

Mayroon isang ibang termino na ginamit sa v. 18, "pagkakahati" (i.e., *schisma*), kung saan makukuha natin ang salitang Ingles na pagkakahati-hati. Ang karaniwang pinagmulan nito ay "upang paghiwalayin" (cf. Mateo 27:51). Ito ay ginamit ng mga pangkat na naghahati sa isang paksa (cf. Juan 7:43; 9:16; 10:19; Mga Gawa 14:4; 23:7; I taga-Corinto 1:10; 11:18).

Binabanggit ni Pablo ang isang teolohikong layunin (i.e., *hina*) at pangangailangan (i.e., *dei*) para sa presensiya ng magkakaibang mga pangkat. Sila ay kinakailangan para ang tunay na espirituwal na pinuno ay malinaw na maisiwalat. Ang mga ganap na mga pinuno ay makikita sa panahon ng kagipitan.

Ang iba pang pagpipilian ay na ang ilang mga pangkat at ang kanilang mga pinuno ay makikita mula sa kanilang mga kilos na sila ay hindi talagang mga Kristiyano (cf. I Juan 2:19; Marcos 4:16-19).

**"upang yaong mga napatunayan na ay mangahayag sa inyo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Terminong Griyego na ginamit sa Pagsubok sa 3:13.

**11:20 "hindi kayo maaaring magsikain ng hapunan ng Panginoon"** Ang mga may pribilehiyong natatanging (mga) pangkat ay kumikilos sa isang paraan na talagang kakaiba sa isang komunidad, pagpapahalaga sa pagbibigay na parisan ng huling hapunan ni Hesus kasama ang Kanyang mga tagasunod. Ang mga susunod na talata ay lilinawin ang puntong ito (cf. v. 22).

**"ang hapunan ng Panginoon"** Ito ay ang tanging paglabas ng pariralang ito sa NT. Ito ay isa pang maaring halimbawa ng pang-uuyam. Wala sa kanilang mga pag-uugali at mga gawi ang maihahambing sa mga pag-uugali at mga gawa Hesus na ibinigay ang Kanyang sarili para sa makasalanang sangkatauhan!

Ang pagsasamba ay tinatawag sa ilang pangalan.

1. ang hapunan ng Panginoon
2. "ang hapag ng Panginoon" (I taga-Corinto 10:21)
3. "paghati ng tinapay" (Mga Gawa 2:42; 20:7; I taga-Corinto 10:16; 11:24 [cf. Lucas 24:30])
4. pagpapasalamat (i.e., *komunyon*) o basbas (i.e., *eulogia*, Mateo 26:26-27; I taga-Corinto 10:16; 11:24)

**11:21 "sa inyong pagkain, ang bawa't isa'y kumukuha ng kanikaniyang sariling hapunan na nagpapauna sa iba"** Ang sinaunang iglesiya na isinama ang hapunan ng Panginoon at isang pansamahang pagkain ay tinatawag ng "ang Agape" (cf. II Pedro 2:13; Judas 12, at maaring Mga Gawa 20:7).

Ang parirala na ito ay maaring maunawaan sa ilang paraan.

1. Ang mayaman/may pinag-aralan/maimpluwensiya/anak-mayaman ay nauunang dumating at kinakain ang kanilang

mga pagkain ng mabilis upang kapag ang mga mahirap ay dumating na ay wala na, o halos wala nang tira para kainin.

2. Ang bawat tao ay dapat magdala ng sarili niyang pagkain. Ang mga mayayamang mga mananampalataya ay kinakain ang kanila ng mabilis sa harap ng mga mahirap, o mga aliping kasapi ng iglesiya, na nagdala lamang ng kaunti o wala.

Ang suliranin ay pagiging makasarili at kasibaan ayon sa pagkakaiba sa lipunan imbis na nagbibigay ng pagmamahal, tulad ng mga gawa ni Hesus at alinsunurang malinaw na naituro. Ang taga-Corinto na iglesiya ay hindi naniniwala na sila ay isa kay Kristo. Mayroong isang radikal na paghahati sa dalawa sa pagitan ng

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Panlipunang mayroon | laban sa | Mga wala |
| 2. | mayaman | laban sa | mahirap |
| 3. | kalalkihan | laban sa | kababaihan |
| 4. | malayang tao | laban sa | alipin |
| 5. | Mga Romano | laban sa | Lahat ng iba pa |
| 6. | Espirituwal na mayaman | laban sa | Karaniwang mananampalataya |

Ang mga pagkakaibang ito ay malinaw na binaggit sa vv. 21 at 22.

▣ **"ang isa ay gutom, at ang iba'y lasing"** Kung ito man ay sanhi ng mga Romanong paghahati sa lipunan o pagiging makasarili, isang hindi matanggap na pangyayari ay malinaw na ipinakita. Ang layunin ng pang-alala na pagkain at ang pangkomunidad na pagsasama ay nakalimutan na.. Ito ay isang malubhang bagay (cf. v. 23). Ang talata na ito ay hindi maaring gamitin upang magtaguyod ng ganap na pangilin. Ito ay malinaw na ang alak ay isang bahagi ng karanasang ito. Ito ay ang pag-abuso na nahatulan.

## NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita
   A. Lumang Tipan
      1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
      2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
      3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
      4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).
   B. Bagong Tipan
      1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
      2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
      3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit
   A. Lumang Tipan
      1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
      2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
      3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
      4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
      5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
      6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
      7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Mga Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I taga-Corinto 5:11-13; 6:10; taga-Galacia 5:21; I Pedro 4:3; taga-Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I taga-Corinto 8-10; taga-Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan

1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; taga-Roma 14:14,20; I taga-Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim

A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.

B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."

C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.

D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).

E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.

G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad

A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.

B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.

C. Para sa akin, ang taga-Roma 14 at I taga-Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.

D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

▣ **"wala baga kayong mga bahay na inyong makakanan at maiinuman"** Ang ilang mga legalista at mga literalista ay sinubukan ng gamitin ito bilang isang patunay na teksto para sa hindi pagkain sa iglesiya. Ang kasaysayan at conteksto ay palaging napakahalaga sapagsalin ng sinaunang panitikan. Sa pagsipi ng maliliit na bahagi ng Banal na Kasulatan ang isa ay maaring pagsalitain ang Bibliya/Diyos ng halos kahit na ano! Tulad ng sinasabi ni Gordon Fee, "Ang libro na maaring mangahulugan ng kahit ano, ay walang kabuluhan!"

Mayroon isang serye ng mga retorikal na mga tanong na inihahayag ang damdamin na kung ay isinuslat ni Pablo. Siya ay nagulat sa mga kilos ng ilan sa iglesiya (cf. Santiago 2:6).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:23-26

**23Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo; na ang Panginoong Hesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; 24At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 25At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin. 26Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.**

**11: 23 "Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo"** Si Pablo ay hindi naroroon sa hapunan ng Panginoon. Hinayag niya sa taga-Galacia 1:11-17 na siya ay direktang tumanggap ng pahayag mula kay Hesus at sa taga-Galacia 1:18-19, hindi ito natanggap mula sa ibang mga Apostol o mga pinuno ng Herusalem. Gayunman, ang kanyang mga salita dito ay sinasalamin ang isang kaalman sa mga tradisyon ng Sinoptikong mga Ebanghelyo.

▣ **"dumampot ng tinapay"** Ito ay makabuluhan na si Hesus hindi ginamit ang Kordero ng Paskwa bilang isang sagisag. Ito ay matinding nakaugnay sa Lumang Tipan (cf. Exodo 12). Ang tinapay ang naging bagong sagisag ng pagkakaisa (10:16-17).

**11:24 "At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi"** Ito tumuturo patungo sa isang tiyak na maksaysayang pagkilos (i.e., ang Kordero ng Paskwa sa loob ng itaas na silid bago ang gabing si Hesus ay ipinagkanulo). Marami sa mga Kristiyano ay tinatawag ang kautusan na *Komunyon*, kung saan ito ay mula sa Griyegong termino para "upang magpasalamat" (i.e., *eucharisteō*, cf. Mateo 26:27; Marcos 14:22; Lucas 22:19).

▣

**NASB** **"Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo"**
**NKJV** **"Kunin, kainin; ito ang aking katawang na pinagputol-putol para sa inyo"**
**NRSV** **"Ito ang aking katawan, na para sa inyo"**
**TEV, NJB** **"Ito ang akong katawan, na sa inyo"**

Ito ay walang alinlangang isang matalinghaga. Ang Kanibalismo ay magiging isang katutukutan sa kahit sinong taong Hudyo. Si Hesus ay gumagamit ng dinurog na tinapay bilang isang sagisag ng Kanyang nasirang katawan na nasa Kalbaryo. Dahil ang tinapay ay nagbibigay ng pisikal na pamo at buhay doon sa mga kumakain nito, kaya ang mga gawa ni Hesus ay nagbibigay ng espirituwal na buhay doon sa mga tumatanggap nito.

Nagkaroon ng maraming teolohikong pagtatalo tungkol sa kahulugan ng mga salita ni Hesus. Marami sa mga talakayan ay ayon sa (1) kalikasan ng pangyayari at (2) ang paraan ng Diyos ng pagkakaloob ng grasya. Doon sa mga nakakakita nito bilang isang sakramento ay mabigat na nakadepende sa Juan 6, kung saan sa conteksto, ay walang kinalaman sa hapunan ng Panginoon.

Mayroong ilang iba't-ibang manuskritong Griyego sa pariralang ito.

1. ang Textus Receptus ay idinagdag, "kunin, kanin." Ito ay nakita sa Griyego MSS $C^3$, K, L, at P. Ito ay hindi na orihinal.
2. Ang malikling parirala ni Pablo na "para sa iyo" (cf. MSS $P^{46}$, $א^*$, A, B, $C^*$) ay pinalawak ng ng mga sinaunang tagasulat sa ilang paraan:
   (a) "hinati para sa iyo" (cf. MSS $א^2$, $C^3$, $D^2$, F,
   (b) "dumaloy para sa iyo" (cf. MS $D^*$)
3. (c) "binigay para sa iyo" (cf. Lucas 22:19)

Ang $UBS^4$ ay binigyan ang mas maikling teksto (papunta sa *huper humōn*) ng "A" (tiyak).

**11:24-25 "gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin"** Ito ay maaring parehong isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG o isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang PAUTOS ay ang pinaka akma sa conteksto. Ang makahulugang pagkain na ito ay patuloy na uulitin hanggang sa pagbabalik ni Hesus.

Nakakamangha na sa tala ng hapunan ng Panginoon sa Mateo at Marcos na Ebanghelyo ang pariralang "gawin niyo ito bilang pag-alala sa akin" ay hindi kasama. Gayunman, ito ay lumabas sa Lucas 22:19 at I taga-Corinto 11:24-25. Ito ay talagang nakakagulat na ang isang walang alinlangang makabuluhang pangyayari sa buhay ni Hesus, kung saan ito ay palaging uulitin, ay naitala ng iba't-iba sa mga Ebanghelyo at mga kasulatan ni Pablo.

Ang NT ay hindi tiyak na binggit kung gaano katagal ito uulitin. Ilang pangkat ng mga mananampalataya ay hindi ginagawa ito (i.e., Quakers), ang iba naman ay ginagawa ito kada linggo. Iyong mga pangkat na Kristiyano na mayroong isang sakramental na pananaw sa Hapunan ay walang alinlangang ginagawa ito na paulit-ulit (i.e., bawat linggo) at pangunahing pagdiriwang. Ang sinaunang Palestinong mga mananampalataya ay maaring napansin ito isang beses sa isang taon kasabay ng Paskwa (i.e., ang Ebionites, cf. Origen at Epiphanius). Iyong mga Kristiyano na natatakot pagdating sa mga inuulit na rituwal ay nawawalan ng kanilang epekto at kahalagahan at hindi ito nakikita bilang isang daanan ng pagpapala, madalas ng hindi

nagmamasid sa Hapunan (i.e., ang Southern Baptists isang beses sa isang sangkapat).

**11:25 "Ang sarong ito'y siyang bagong tipan"** Ang bagong tipan ay particular na binanggit sa Jeremias 31:31-34 (inilarawan sa Ezekiel 36:22-38). Ang Griyegong termino para sa tipan ay tunay na nangangahulugang "isang kagustuhan" o "huling testamento" ngunit ang kahulugan dito ay sinasalamin ang paggamit ng Septuagint sa termino bilang "tipan."

Ang konsepto ng isang "bagong tipan" ay maaring nakakagulat sa mga Hudyo. Pinagkakatiwalaan nila ang pananatili ng Mosaik na tipan. Kinailangang paalalahanan sila ni Jeremias na ang mga tipan ni YHWH ay may pasubali sa tugon ng pananampalataya-pagsisi.

## NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN)

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa water at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa "bagong kasunduan." Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggal sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. taga-Roma 7; taga-Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas <u>sa pamamagitan ng</u> kanilang pagsusumikap, ngunit <u>para sa</u> pagsunod (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging <u>ang katunayan</u> ng kaligtasan, <u>hindi ang paraan</u> ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

▣ **"sa aking dugo"** Ito ay tumutukoy sa Hebreong konsepto ng sakripisyong kamatayan ni Hesus (cf. II taga-Corinto 5:21). Ang Dugo ay isang Hebreong OT na salawikain na tumutukoy sa isang sakripisyong ibinigay sa Diyos (cf. Levitico 17:11,14; Deuteronomio 12:23). Ang unang tipan ay pinagtibay ng dumaloy na dugo (cf. Exodo 24:8).

**11:26**

**NASB, NKJV, NRSV "Sapagka't sa tuwing kanin ninyo. . .inuman"**
**TEV "Sa bawat panahon na kanin ninyo. . .inuman"**
**NJB "Kapag kumain kayo. . .umiinom"**

Pansinin dito na walang tiyak na panahon na ibinigay dito, o saan man, sa NT. Sa Mga Gawa ang makatangiang parirala na naglalarawan sa hapunan ng Panginoon na, "hinating tinapay," ay ginamit bilang (1) isang pangaraw-araw na karanasan (2:42,46) o (2) Pagsamba ng Linggo (20:7,11). Gayunman, ang pariralang ito ay ginamit din bilang isang karaniwang pagkain (27:34-35).

▣ **"inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon"** Malinaw nitong pinapakita ang pagsasakripisyong aspeto ng kamatayan ni Kristo. Ang hapunan ng Panginoon ay isang pagbabalik-tanaw sa kamatayan ni Kristo.

▣ **"hanggang sa dumating siya"** Ang hapunan ng Panginoon ay isang pagtanaw sa Ikalawang Pagbabalik (cf. 1:7; 4:5; 11:26; Marcos 14:25).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:27-32

**[27]Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon. [28]Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro. [29]Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon. [30]Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasaktin, at hindi kakaunti ang nangatutulog. [31]Datapuwa't kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan. [32]Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.**

**11:27**
**NASB, NKJV, NRSV "ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon"**
**KJV "sinumang kumain ng tinapay na ito at uminom sa sarong ito ng Panginoon"**
**TEV "na ang isa ay kakain ng tinapay ng Panginoon o iinom sa sarong ito"**
**NJB "samakatuwid, sinumang kumain ng tinapay, uminom ng saro ng Panginoon"**

Ang "At" ay wala sa orihinal na teksto of v. 27, ngunit ito ay nasa vv. 28 at 29. Ang "O" ay nasa Griyegong teksto. Ang mga taga-salin ng King James na salin ay takot sa kaisipan ng Romanong Katoliko kung saan ang pari ay umiinom ng alak at ang karaniwang tinapay, at sinadyang magkamali ng salin ang talata na ito! Ang NKJV ay itinama ang sinadyang pagkakamaling salin na ito (tingnan ang Bart Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scriptures*, p. 154).

▣
**NASB, NKJV, NRSV "na di nararapat"**
**TEV "sa isang paraan na nagtatanggal ng puri"**
**NJB "hindi karapat-dapat"**

Ang conteksto ito ay nagpapahiwatig na tumutukoy ito sa ginulong pagkakaisa ng iglesiya na sanhi ng mga pagmamataas at pagrarangal ng mga pangkat, ngunit ang ilan ay naunawaan ito na tumutukoy sa mandato para sa isang naangkop na kaugaliang espirituwal kapag pinagmamasdan ang hapunan ng Panginoon (cf. Hebreo 10:29).

**11:28 "Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang terminong "siyasatin" ay naging isang kahulugan ng "subukan na may pananaw ng pagpayag." Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong Termino para sa "Pagsubok" sa 3:13. Sa isang banda ang lahat mga Kristiyano ay hindi karapat-dapat dahil lahat sila ay mayroon at patuloy na nagkakasala. Sa conteksto na ito ay particular na tinuutukoy ang kawalan ng pagkakaisa at maliliit na grupo ng mga espiritu ng ilan sa iglesiya sa Corinto (cf. II taga-Corinto 13:5).

**11:29**
**NASB "kung hindi niya kinikilala ang katawan"**
**NKJV "hindi nakikilala ang katawan ng Panginoon"**
**NRSV "walang kaalaman sa katawan"**
**TEV "kung hindi mo nakikilala ang kahulugan ng katawan ng Panginoon"**
**NJB "walang pagkilala sa katawan"**

Ang "Kanyang katawan" ay tila <u>hindi</u> tumutukoy sa (1) pisikal na katawan ni Hesus o ng (2) mga kasali, ngunit sa Iglesiya bilang isang pangkat (cf. 10:17; 12:12-13,27). Ang kawalan ng pagkakaisa ay ang suliranin. Ang espiritu ng kataasan o uri ng pagkakaiba ang sisira sa isang samahan.

▣ **"hatol"** Tingnan ang tala sa 4:7 at Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 10:29.

**11:30** Si Pablo ay nagsasaysay sa isang simpleng wika na ang mga mananampalataya na nilalabag ang pagkakaisa ng iglesiya ay maaring magdusa ng pansamantalang pisikal na kalalabasan, maging kamatayan (cf. 3:17). Ito ay direktang nakaugnay sa kawalan ng paggalang sa katawan ni Kristo, sa iglesiya, sa tao ng Diyos (cf. Mga Gawa 5; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

**11:31 "kung"** Ito ay isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, kung saan ito ay tinatawag na "salungat sa katotohanan." Ito ay dapat isalin na "kung hinatulan natin ang ating sarili ng tama, kung saan ito ay hindi natin ginawa, kaya hindi tayo dapat husgahan, kung saan iyon tayo." Tingnan ang tala sa 4:7.

**11:32 "pinarurusahan tayo ng Panginoon"** Ito ay mahirap malaman na ang mga Kristiyano ay nagdudusa dahil sa

1. sila ay nakatira sa isang makasalanang mundo
2. sila ay nagaani ng mga kinalabasan ng kanilang mga makasalanang gawa
3. sila ay sinusubukan ng Panginoon para sa kanilang espirituwal na kalaguan (cf. Hebreo 5:8)

Ang Diyos ay nagsusubok at nagdidisiplina (cf. Hebreo 12:5-11). Ito ay isang patunay ng Kanyang pagmamahal at ang kalagayan n gating pamilya.

▣ **"upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan"** Ang pansamantalang paghuhukom sa mga mananampalataya na nagpapasakit sa iglesiya ng Diyos ay maaring maging isang gawa ng pag-ibig bilang pagligtas sa kanila mula sa isang mas malubhang paghuhukom na may kaugnayan sa pagkasira ng iglesiya (cf. 3:10-17).

Nagustuhan ko ang isang sipi mula sa George Ladd in *A Theology of the New Testament*.

> "Ang mundo ay mayroon ding relihiyon na pinaguugnay ang mga tao sa isang asetisismo na pagkakaalipin at legalismo na maaring magkaroon ng anyo ng kaalaman at itaguyod ang isang uri ng debosyon at pansariling disiplina, ngunit ito ay ganap na nabigo upang magbigay ng isang kasagutan para sa isang moral na mahirap na kalagayan na kinakaharap ng tao (taga-Colosas 2:20ff). Mula sa pananaw na ito ang mundo ay tumatayo sa ilalim ng paghuhukom ng Diyos (I taga-Corinto 11:32) at nangangailangan ng muling pagkakasundo (II taga-Corinto 5:19; taga-Roma 11:15" (p. 399).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:33-34

**33 Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo'y mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo. 34 Kung ang sinoman ay magutom, kumain siya sa bahay; upang ang inyong pagsasalosalo ay huwag maging sa paghatol. At ang iba ay aking aayusin pagpariyan ko.**

**11:33 "kung kayo'y mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo"** Ito ay tumutukoy sa v. 21. Sila ay kumikilos tulad ng mga makasariling indibidwal, hindi isang pamilya, isang katawan. Sila ay kumikilos ng salungat sa mapagbigay na pagmamahal ni Hesus.

**11:34 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, kung saan ito ay ipinalagay na tunay na anyo ng pananaw ng may akda o para sa kanyang layuning pampanitikan.

▣ **"kumain siya sa bahay"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Kung ang mga mananampalataya ay masyadong sabik kaya sila ay umaakto sa isang agresibo, makasariling paraan sa hapunan ng Panginoon, at dapat nilang pawiin ang kanilang gutom bago sila sumalo sa isang pagsaslo sa pagkain.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"At ang iba ay aking aayusin pagpariyan ko"** |
| **NKJV** | **"At ang iba ay aking itatakda ang kaayusan pagpunta ko"** |
| **NRSV** | **"Patungkol sa ibang bagay, magbibigay ako ng mga alituntunin pagdating ko"** |
| **TEV** | **"Gaya ng ibang mga bagay, aking aayusin pagbalik ko"** |
| **NJB** | **"Ang ibang mga bagay ay aayusin ko sa aking pagbabalik"** |

Pansinin na ang Diyos ay hindi nakitang akma na pumasa sa lahat ng detalyadong paglalarawan na binigay ni Pablo sa iglesiya na ito. Walang katiyakan kung ito ay naiuugnay lamang sa hapunan ng Panginoon o ibang mga bagay. Ang kaayusan ng I taga-Corinto (sumasagot ng maraming walang kaugnayang mga tanong) ay nagpapahiwatig mayroon ito. Ang pinakadiwa ng hapunan ng Panginoon ay hindi makikita sa isang talaan ng patakaran ng liturhiya, ngunit sa isang ugnayan kay Hesus Kristo. Ang detalye ng mga rituwal sa relihiyon ay hindi kasing halaga ng isang mabuting puso papunta sa Diyos, na naglalabas ng pagmamahal sa iglesiya.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga modernong Kristiyano ba ay ginaya ang mga rituwal at mga anyo ng iglesiya ng NT?
2. Ano ang sinasabi ng 11:2-16 tungkol sa pakikisama ng babae sa pamumuno sa mga pampublikong pagsamaba?
3. Ano na ang katumbas ng belo sa ngayon?
4. Ipaliwanag ang suliranin ng hindi nakabelong babae at nakabelong lalaki sa unang dekadang kulturang Romano
5. Ano ang pangunahing layunin ni Pablo sa pagtatalakay sa hapunan ng Panginoon sa kabanata 11?
6. Paano mo ipapaliwanag ang v. 30?

# I MGA TAGA-CORINTO 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Kagandahang-asal sa Pang-madlang Pagsamba |
| | | | | (11:2-14:40) |
| Espiritwal na mga Kaloob | Espiritwal na mga Kaloob: Pagkakaiba | Iba't-ibang Espiritwal ng mga Kaloob | mga Kaloob mula sa ang Banal | Espiritwal na mga Kaloob |
| 12:1-3 | 12:1-11 | 12:1-3 | 12:1 | 12:1-3 |
| | | | 12:2-3 | Ang Pagkakaiba at Pagkaka-isa ng mga Kaloob |
| 12:4-11 | | 12:4-11 | 12:4-11 | 12:4-11 |
| Isang Katawan na maraming Bahagi | Pagkakaisa at Pagkakaiba sa Isang Katawan | Ang Katawan ay Nanga-ngailangang ng Iba't-ibang mga bahagi | Isang Katawan Maraming Bahagi | Ang Paghahalintulad sa Katawan |
| 12:12-31a | 12:12-31 | 12:12-13 | 12:12-13 | 12:12-17 |
| | | 12:14-26 | 12:14-20 | |
| | | | | 12:18-21 |
| | | | 12:21-26 | |
| | | | | 12:22-26 |
| | | 12:27-31 | 12:27-31a | |
| | | | | 12:27-30 |
| | | | 12:31b | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may-akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL NG 12:1-31

A. Mga kabanatang 11-14 ay bumubo ng pampanitikang yunit na tumutuon sa isang nagtitipong pagsamba. Mayroong maraming suliranin sa mga bahay iglesiya sa Corinto. Ipinapahayag ni Pablo ang marami sa mga isyung ito, na tila isinulat sa kanya ng iglesiya (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12). Ang mga isyu na nauugnay sa nagkakatipong pagsamba ay:
   1. paano manalangin at magbigay propesiya
      a. lalaking walang takip
      b. babaeng may takip
   2. pagmamataas at pang-aabusong maiuugnay sa espiritwal na mga kaloob
   3. paano makakasangkapan ang mga kaloob sa pagsamba
      a. tagapagsalita ng mga wika at mga tagapagpaliwanag
      b. mga mang-aawit
      c. mga propeta

B. Mayroong tatlong pagsusulit na nauugnay sa espiritwal na mga kaloob.
   1. kabanata 12 – sila ba ay nag-uudyok ng pagkakaisa kay Kristo?
   2. kabanata 13 – sila ba ay nag-uudyok ng pag-ibig?
   3. kabanata 14 – sila ba ay nagtatatag ng katawan?

C. Mayroong maraming tala ng espiritwal na mga kaloob sa NT (cf. taga-Roma 12; I taga-Corinto 12-14; taga-Efeso 4:11; at I Pedro 4:10-11). Ang mga tala ay hindi magkakatulad, o ang kaayusan ng mga kaloob ay magkatulad. Sila ay mga kinatawang halimbawa, hindi tiyak na mga talataan. Ang ilan sa mga kaloob ay umiiral sa nagkakatipong pagsamba, ngunit ang iba ay tumutuon sa mga pagpupulong sa labas ng pangkalahatang pagsamba.

   Ang pagbibigay-diin na inilagay ni Pablo sa espiritwal na kaloob ay nakakagulat, ngunit siya naglaysay na kaunti tungkol sa paaano mahahanap o nakikilala ang kaloob. Ako ay nag-aatubili na panindigan ang maraming mga "espiritwal na pagsusulit" na umusbong sa ating panahon. Sila ay nagsusuri lamang sa mga kaloob na nakatala sa NT. Marami sa mga kaloob nakatala ay hindi maliwanag na tinakda (i.e., ang mga kaloob pamumuno sa taga-Efeso 4:11). Ang pinaka nakakatulong na gabay na aking natagpuan sa larangang ito ay ang IVP na librito na pinamagatang *Affirming the Will of God* ni Paul Little. Ang parehong Kristiyanong karunungan na nakatulong sa ating sa paghahanap sa kalooban ng Diyos ay makakatulong din sa atin na makilala ang mabisang kaloob para sa ministeryo.
   1. manalangin ng tiyakan
   2. magtanong sa mga lumalagong Kristiyano na kilala ang mga kalakasang makikita sa iyo
   3. humanap ng mga bukas na pinto ng pagkakataon upang subukan ng ibang mga larangan
   4. sundin ang nais ng iyong puso

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-3

**[1]Ngayong tungkol sa *mga kaloob* na ayon sa espiritu, mga kapatid, ay hindi ko ibig na hindi kayo makaalam. [2]Nalalaman ninyo na nang kayo'y mga Gentil pa, ay iniligaw kayo sa mga piping diyus-diyosan, sa alin mang paraang pagkahatid sa inyo. [3]Kaya't ipinatatalastas ko sa inyo, na wala sinomang nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay nagsasabi, Si Hesus ay sinumpa; at wala sinoman ay makapagsasabi, Si Hesus ay Panginoon kundi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.**

**12:1 "Ngayong tungkol"** Ito ay isang paulit-ulit na parirala sa I taga-Corinto na nagpapakita na si Pablo ay sumasagot ng mga partikular na tanong mula sa iglesiya (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"*mga kaloob* na ayon sa espiritu"** |
| **NRSV (footnote)** | **"mga espiritwal na tao"** |
| **TEV** | **"mga kaloob mula sa Banal ng Espiritu"** |
| **NJB** | **"mga kaloob ng Espiritu"** |

Ang Griyegong termino ay isang DYENITIBONG PANGMARAMIHAN ng *pneuma*. Ito ay maaaring tumukoy sa mga tao, mga kaloob, o mga espiritwalidad (i.e., espiritwal na mga bagay, cf. 14:1).

## NATATANGING PAKSA: ESPIRITU SA BIBLIYA

I. Ang Griyegong mga termino
   A. *pneō* , umihip
   B. *pnoē,* hangin, hininga
   C. *pneuma***,** espiritu, hangin
   D. *pneumatik*os**,** tumutukoy sa espiritu
   E. *pneumatikōs,* ukol sa espiritu

II. Griyegong pilosopikong kaligiran (*pneuma*)
   A. Si Aristotle ay ginamit ang termino bilang pwersa ng buhay na lumalago mula sa kapanganakan hanggang sariling disiplina
   B. Ang mga Stoic ay ginamit ang termino bilang kasingkahulugan ng *psuchē*, (kaluluwa) kahit na ang *nous* (isipan) sa ang kaunawaan ng limang pisikal na diwa at talinong pantao
   C. Griyegong kaisipan - ang termino ay naging katumba sa pagkilos ng Diyos (i.e., panghuhula, mahika, okulto, propesiya, atbp.)

III. Lumang Tipan (*ruah*)
   A. Ang mga pagkilos ng monoteistikong Diyos (i.e., Espiritu, na ginamit na halos 90 na beses sa OT)
      1. paayon, Genesis 1:2
      2. pasalungat, I Samuel 16:14-16,23; I Mga Hari 22:21-22; Isaias 29:10
   B. Pwersa ng buhay na pinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan (i.e., hininga ng Diyos, cf. Genesis 2:7)
   C. Ang Septuagint isinasalin ang *ruah* sa *pneuma* (ginamit nang halos 100 beses sa LXX)
   D. Sa mga sumunod ng rabinikong mga sulat, apokaliptikong sulat at ang Dead Sea Scrolls, na naimpluwensiyahan ng Zoroastrianismo, *pneuma* ay ginamit sa mga anghel at demonyo

IV. Bagong Tipan (*pneuma*)
   A. Natatanging presensya, kapangyarihan at pagtutustos ng Diyos
   B. Ang Espiritu ay kaugnay sa pagkilos ng Diyos sa iglesiya
      1. propesiya
      2. mga himala
      3. katapangan sa paghahayag ng ebanghelyo
      4. karunungan (i.e., ang ebanghelyo)
      5. kaligayahan
      6. dalhin ang bagong panahon
      7. pagbabagong-buhay (i.e., panunuyo at panananahan
      8. pagiging-wangis kay Kristo
      9. mga natatanging kaloob ng ministeryo
      10. ipinapanalangin ang mga mananampalataya
   C. Ang Espiritu ang gumigising sa pagnanais ng sangkatauhan sa para sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, kung saan sila ay nilikha. Ang pagsasamang ito ay maaari dahil sa persona at gawain ni Hesus, ang Mesias n Diyos. Ang bagong espiritwal na pagkagising ay magdudulot sa pamumuhay, paglilingkod at pagtitiwala na katulad kay Kristo.
   D. Pinakamabuting mauunawaan bilang isang espiritwal na pagpapatuloy kasama ng Banal na Espiritu sa isang banda at sangkatauhan bilang isang pisikal na nilalang sa mundong ito, ngunit ito rin ay isang espiritwal na nilalang sa larawan ng Diyos, sa kabilang banda.
   E. Si Pablo ay ang may-akda ng NT na nagpaunlad ng isang teolohiya ng Espiritu/espiritu.
      1. Ginagamit ni Pablo ang Espiritu upang ipag-iba sa laman (i.e., makasalanang likas)
      2. Ginagamit ni Pablo ang espiritu upang ipag-iba sa pisikal
      3. Ginagamit ni Pablo ang Espiritu/espiritu upang ipag-iba sa pantaong pag-iisip, pagkaalam at pagkabuhay
   F. Ilang halimbawa mula sa I taga-Corinto
      1. ang Banal na Espiritu, 12:3
      2. ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos na inihatid sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, 2:4-5
      3. ang pagkilos ng Diyos sa mga mananampalataya
         isang bagong kaisipan, 2:12; 14:14,32
         b. bagong templo, 3:16; 6:19-20
         d. bagong buhay (i.e., moralidad), 6:9-11 bagong buhay na sinasagisag sa bautismo, 12:13
         e. kaisa sa Diyos (i.e., kaligtasan), 6:17
         f. karunungan ng Diyos, hindi karunungan ng mundo, 2:12-15; 14:14,32,37
         g. espiritwal na kaloob sa bawat mananampalataya para sa ministeryo, mga kabanatang 12 at 14
      4. ang espiritwal na salungat sa pisikal, 9:11; 10:3; 15:44
      5. espiritwal na nasasakupan na salungat sa pisikal na nasasakupan, 2:11; 5:5; 7:34; 15:45; 16:18
      6. isang paraan sa pagtutukoy sa isang pantaong espiritwal/panloob na buhay na kaiba mula sa pisikal na katawan ng sinuman, 7:34
   G. Ang mga tao ay nabubuhay sa dalawang kasakupan sa paglalang (i.e., ang pisikal at ang espiritwal). Ang sangkauhan

ay nahulog mula sa napakalapit na ugnayan sa Diyos (Genesis 3). Sa pamamagitan ng buhay, mga katuruan, kamatayan, muling pagkabuhay, at naipangakong pagdating, ang Espiritu ay nanghihikayat sa nalugmok na sangkauhan na manampalataya sa ebanghelyo, sa isang pagkakataon, sila ay napanumbalik sa pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang Espiritu ay ang personal na bahagi ng Trinidad na nagpapakilala ng Bagong Panahon ng katuwiran. Ang Espiritu ay ang kinatawan (ahente) ng Diyos Ama at ang tagataguyod ng Anak sa "panahong ito." Ang isang suliranin ay umiiral sapagkat ang bagong panahon ay dumating sa madaling panahon, habang ang lumang panahon ng makasalanang paghihimagsik ay nananatili. Ang Espiritu ang nagpapagong-anyo ng luma sa bago, kahit na habang silang dalawa ay umiiral.

▣ **"mga kapatid"** Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng "mga kapatid" maghudyat ng isang pagbabago sa mga paksa. Ang unang talata ay may tatla sa mga kontekstwal na mga tanda ni Pablo sa isang pagbabago ng paksa: (1) ngayon tungkol sa; (2) mga kapatid; at (3) Hindi ko nais ka kayo ay walang kabatiran. Mga kabanatang 11-14 ay tumatalakay sa iba't-ibang aspeto ng nagkakatipon na panambahan.

Ang mga mensahe na ipinadala ni Pablo sa Corinto ay lubhang mahirap na siya ay kadalasang gumamit ng "mga kapatid" upang ipaalala sa kanila ang kanilang pagkakaisa sa pamilya ng Diyos (cf. 1:10,11,26; 2:1; 3:1; 4:6; 6:5,8; 7:24,29; 5:12; 9:5; 10:1; 11:2,33; 12:1; 14:6,20,26,39; 15:1,6,50,58; 16:11,12,15,20; II taga-Corinto 1:8; 8:1,23; 9:3,5; 11:9; 13:11).

▣ **"'hindi ko ibig na hindi kayo makaalam'"** Ito ay isang inuulit na parirala sa mga sulat ni Pablo (cf. taga-Roma 1:13; 11:25; I taga-Corinto 10:1; 11:3; 12:1; II taga-Corinto 1:8; I taga-Thesalonica 4:13). Ito ay isa sa kanyang mga paraan sa pagpapakilala ng isang mahalagang bagong paksa.

**12:2 "kayo'y mga Gentil pa"** Ito ay isang DI-GANAP NA MAY PAHIWATIG. Ang mga mananampalatayang ito ay misang naging pagano, ngunit ngayon, kailangan nilang pagdaluying ang kaisipang ito at kaugnay na gawain. Ang iglesiya sa Corinto ay malabis na nahikayat (1) ng mga paganong kasanayan sa pagsamba at (2) kulturang Romano. Kapw ay kinukulayan ang ebanghelyo sa di-nararapat na pamamaraan.

▣

**NASB** **"*ay* iniligaw *kayo*"**
**NKJV** **"matangay. . .bagaman kayo ay pinangunahan"**
**NRSV** **"kayo ay inakit at iniligaw"**
**TEV** **"kayo ay iniligaw sa maraming paraan"**
**NJB** **"hindi niyo napigil ang paglabas"**

Ang pariralang ito ay may dalawang magkaugnay na makadiwa mula sa salitang-ugat na "mamuno." Ang una ay isang PAIKOT-IKOT NA DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG at ang pangalawa ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI, "ikaw ay at nagpapatuloy na pinangungunahan."

Ang pangalawang termino ay pinatitindi rin ng PANG-UKOL *apo*, na nagpapahiwatig na "mamuno bilang isang bilanggo" (cf. Marcos 14:44; 15:16). Ang mga datihang mga pagano ay patuloy na pinamumunuan ng mga demonyo sa kanilang mga kasanayan sa pagsamba (cf. 10:20) bago ang kanilang pagkaligtas.

▣ **"mga piping diyus-diyosan"** Ito ay tumutukoy sa mga diyus-diyosan na hindi nakakapagsalit o nakakatulong (cf. Isaias 46:5-7; Jeremias 10:5; Habakkuk 2:18-19) na kaiba sa Banal na Espiritu.

**12:3 "wala sinomang nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa inspirasyon (cf. I Samuel 10:10; 19:23-24). Ito ay nagpapaalala sa mga mananampalataya na hindi lahat ng nag-aangkin na nagsasalita para sa Diyos ay talaga na. Bawat mananampalataya ay kailangang suriin silang nag-aangkin na nagsasalita ng mensahe ng Diyos (cf. 12:10; Deuteronomio 18:20-22; Mateo 7; I Juan 4:1-3).

▣

**NASB** **"Si Hesus ay sinumpa"**
**NKJV** **"tinawag na sumpa si Hesus"**
**NRSV** **"Hayaang sumpain si Hesus"**
**TEV, NJB** **"isang sumpa kay Hesus"**

Ito ay isang nakakagulat na pahayag. Bakit ang sinuman (maliban sa mga tradisyonal na Hudyo) na nag-aangkin na nagsasalita para sa Diyos ay nagsasalita nito? Ang termino (i.e., *anathema*) mismo ay may isang OT na kaligiran (i.e., Hebreo, *herem*). Ito naiuugnay sa konsepto ng Banal na Digmaan, kung saan ang isang lungsod ay matapat sa Diyos at, samakatuwid, ito ay naging banal. Ito ay nangangahulugan na bawat bagay na nadirito na humihinga, tao o hayop, ay mamamatay (cf. Josue 6:17; 7:12).

Ang mga teoriya sa kung papaano ginamit ang terminong ito sa Corinto

1. na ito ay may isang Hudyong pinagbatayan na nauugnay sa mga panunumpa sa sinagoga (cf. Mga Gawa 26:11, i.e., pagkatapos, rabbinikong sumpang pormula ay ginamit upang tanggalin ang mga Kristiyano mula sa sinagoga). Upang manatiling isang kasapi, ang isa ay kailangang itanggi o sumpain si Hesus ng Nazareth.
2. na ito ay may isang Romanong binagbatayan na nauugnay sa pagsamba sa Emperador na tanging si Caesar lamang ang tatawaging "Panginoon."
3. na ito ay may isang paganong pagsamba na binagbatayan na kung saan ang mga sumpa ay tinatawag sa mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng pangala ng isang diyos. Ito ay maaaring isalin na, "Nawa ay sumpain ka ni Hesus ___ (cf. 16:22).
4. na ang sinuman na inuugnay ang parirala sa teolohikong konsepto na si Hesus ang nagdala ng sumpa sa OT para sa atin (cf. Deuteronomio 21:23; taga-Galacia 3:13).
5. Ang mga kamakailang pag-aaral mula sa Corinto (cf. talababa #1 p. 164 ni Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*) ay nadokumento ang mga sumpang tipak na matatagpuan sa sinaunang akropolis sa Corinto. Ang Biblikal na iskolar ay ipinagpalagay na ang nag-uugnay na PANDIWA "ay" ay kailangang ilagay sa parirala, "Si Hesus ay sinumpa," ngunit ang arkeolohikong katibayang ito ay malinaw na nagpapakita na ang mga unang siglong Romanong mga sumpa mula sa Corinto ay walang PANDIWA (na gaya ng ilang mga sumpa sa LXX ng Deuteronomio 22:15-20), na gaya sa v. 3. Mayroon pang karagdagang arkeolohikong katibayan na ang mga Kristiyano sa unang siglong Romanong Corinto ay gumamit ng mga sumpang pormula sa mga mga panglibigang sumpa (i.e., panahon ng Byzantino), na natagpuan sa mga Kristiyanong libingan (J. H. Kent, *The Inscriptions*, 1926-50. Princeton: American School of Classical Studies, 1966, tomo 8:3, no. 644).

Ang ilang bahagi ng iglesiya ay bumabalik sa mga paganong sumpa sa pangalan ni Hesus laban sa ibang miyembro ng iglesiya. Hindi lamang ang paraan ang suliranin, ngunit gayundin ang mapooting layunin. Ito ay isa pang halimbawa ng pag-iigting sa loob ng iglesiyang ito. Nais ni Pablo kanilang patuloy na itayo ang iglesiya, palakasin ang iglesiya. Nais nilang sumpain ang bahagi ng iglesiya!

## NATATANGING PAKSA: SUMPA (*ANATHEMA*)

Mayroong maraming salita sa Hebreo para sa "sumpa." Ang *Herem* (BDB 356) ay ginamit sa anumang bagay na ipinagkaloob sa Diyos (cf. LXX bilang *anathema* (BAGD 54), Levitico 27:28), kadalasan para sa pagkawasak (cf. Deuteronomio 7:26; Josue 6:17-18; 17:12). Ito ay isang salita na ginamit sa konsepto ng "banal digmaan." Sinabi ng Diyos na wasakin ang mga Cananeo at Jericho ay ang unang pagkakataon, ang "unang mga bunga."

Sa NT, ang *anathema* at kanyang mga kaugnay na anyo ay ginamit sa maraming magkakaibang kaunawan:

1. bilang isang kaloob o alay sa Diyos (cf. Lucas 21:5)
2. bilang isang panunumpa sa kamatayan (cf. Mga Gawa 23:14)
3. manumpa at mangako (cf. Marcos 14:71)
4. isang pormula ng sumpa na may kaugnayan kay Hesus (cf. I taga-Corinto 12:3)
5. isang pagkakaloob sa isang tao o isang bagay sa kahatulan o pagwasak ng Diyos (cf. taga-Roma 9:3; I taga-Corinto 16:22; taga-Galacia 1:8-9).

▣ **"Si Hesus ay Panginoon"** Ito ay ang maagang pagpapahayag ng iglesiya ng pananampalataya (cf. kapwa taga-Roma 10:9-13 at Mga Gawa 2:21 na sinipi ang Joel 2:33; tingnan din ang taga-Filipos 2:11). Ito ay isang paraan ng paninindigan sa pagka-Diyos at pagka-Mesias ni Hesus.

▣ **"kundi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu"** Ang tungkulin ng Banal na Espiritu ay udyuka ang mundo sa kasalanan at ilapit ang mga tao kay Kristo (cf. Juan 16:8-14). Walang napahamak na tao ang maaaring bumaling sa Diyos o kay Kristo na walang tulong (cf. Juan 6:44,65). Ito ay ang hiwaga ng isang soberanong Diyos na nagmamahal sa lahat ng sangkatauhan na linikha sa Kanyang larawan, ngunit ang Kanyang pangkasunduang mandato ay sila ay kailangang tumugon (at magpatuloy na tumugon) sa pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiyaga!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:4-11

**4 Ngayo'y maaaring iba't ibang mga kaloob, datapuwa't iisang Espiritu. 5 At maaaring iba't ibang mga ministeryo, datapuwa't iisang Panginoon. 6 At maaaring iba't ibang paggawa, datapuwa't iisang Diyos na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. 7 Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. 8 Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: 9 Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. 10 At sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y propesiya; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang *maraming* iba't-ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. 11 Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na**

**binabahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang ibig.**

**12:4-6**
**NASB, NRSV "iba't-iba"**
**NKJV "mga pagkakaiba"**
**TEV "mga magkakaibang uri"**
**NJB "magkaiba"**

Ang terminong ito ay nangangahulugang (1) ipamahagi o (2) sari-saring uri (cf. 12:4,5,6). Mayroong isang maliwanag na pampanitikang kaagapay sa pagitan ng vv. 4,5, at 6, na pinag-iisa ang gawain ng lahat ng tatlong persona ng Trinidad (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10).

**12:4-6 "Espiritu. . .Panginoon. . .Diyos"** Pansinin ang pagkilos ng Trinidad na nagbibigay-diin sa pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba, hindi pagkakatulad. Ang iglesiya ay isang pangkat ng pinagkaloobang mga tao. Kailangan natin ang bawat-isa! Ang bawat isa ay mahalag. Ang bawat isa ay pinagkalooban para sa ministeryo. Ang terminong "Trinidad" ay hindi isang biblikal na termino, ngunit ang konsepto. Tingnan ang Natatanging Paksa: Trinidad sa 2:10.

**12:4 "mga kaloob"** Ito ay isang naiibang salita kaysa sa isang ginamit sa v. 1. Ito ay ang Griyegong terminong *charisma*. Ito ay mula sa salitang-ugat na terminong "*chairō,*" na nangangahulugang magalak, o maging puno ng kagalakan (cf. 7:30; 13:6; II taga-Corinto 2:3; 6:10; 7:7,9,16 at ang tambalan sa *sun* sa 12:26 at 13:6). Mula dito ay umuusbong ang magkakaibang mga konsepto.

1. *chara* – kagalakan, nagagalak
2. *charis* – masaganang kaloob (cf. 16:3; II taga-Corinto 8:4,6)
   a. biyaya (cf. 1:4; 15:10)
   b. pasasalamat (cf. 15:57)
3. *charizomai*
   a. magkaloob nang bukas-palad
   b. pagpatawad (cf. II taga-Corinto 2:7-10; 12:13)
   c. alisin ang isang pagkakautang
4. *charisma* – isang walang-bayad na kaloob (cf. taga-Roma 5:15,16; 6:23; II taga-Corinto 1:11) o maka-Diyos na pagkakaloob ng paggagayak (cf. 12:4,9,28,30,31)

Diyos ay malayang nagkaloob sa Kanyang iglesiya. Ang mga kaloob ay para sa pagbuo at paglago ng katawan ni Kristo. Sa katotohanan, sila ay mga gawain ni Kristo na hinati sa Kanyang mga tagasunod. Ang mga mananampalataya ay kailangang pag-isahin ang kanilang kaloob na may pag-ibig at pagtutulungan sa bawat-isa upang ang iglesiya maaaring maakit at maturuan ang isang napahamak na mundo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

**12:5 "mga ministeryo"** Ito ay ang Griyegong terminong *diakonos*. Ito ay maraming pagkakagamit sa NT.

1. *diakonos*
   a. isang lingkod (cf. Mateo 20:28; 22:13; 23:11; Juan 2:5)
   b. isang ministro/mangangaral (cf. 3:5; II taga-Corinto 3:6; 6:4; 11:15[dalawang beses],23)
2. *diakoneō*
   a. maglingkod (cf. I Pedro 4:11)
   b. diyakono (cf. taga-Roma 16:1; I Timoteo 3:8,10,13; tingnan din ang taga-Filipos 1:1)
   c. mamahala (cf. Mga Gawa 6:2; II taga-Corinto 3:3; 8:19,20)
3. *diakonia*
   a. nagkakaloob ng tulong (cf. Mga Gawa 6:1; II taga-Corinto 8:4; 9:1,12,13)
   b. ministeryo para sa ebanghelyo (cf. 12:5; 16:15; II taga-Corinto 4:1; 5:8; 6:3; 11:8)
   c. isang kapahayagan mula sa Diyos (cf. II taga-Corinto 3:7,8,9)

Ang susing kaisipan ay paglilingkod at pagtulong sa iba na nangangailangan (i.e., espiritwal o pisikal). Pinapalakas ng Diyos ang iglesiya upang maglingkod—paglingkuran ang bawat-isa at maglingkod sa isang napahamak at nangangailangang mundo.

**12:6**
**NASB "paggawa. . .gumagawa"**
**NKJV "mga pakilos. . .gumagawa"**
**NRSV "mga pagkilos. . .gumagalaw"**
**TEV "mga kakahayan. . .kakayahan"**
**NJB "pagkilos. . .gawa"**

Ito ay isang paglalaro sa terminong *energēs* kung saan mukukuha natin ang Ingles na terminong enerhiya. Ang saligang kahulugan nito ay mabisang maisakatuparan ang isang tungkulin. Ang pangungusap na ito ay may PANGNGALAN at ang pantugmang PANDIWARI (PANGKASALUKUYANG TAHAS). Ginamit ni Pablo ang terminong ito nang madalas sa kanyang mga sulat sa Corinto.

1. *energēs*, *energeia, energeō, energēma*, I taga-Corinto 4:12; 9:6; 12:6,10,11; 16:9,10; II taga-Corinto 1:6; 4:12
2. *ergon* at *sunergeō,* I taga-Corinto 3:13,14,15; 9:1; 15:58; 16:10; II taga-Corinto 6:1; 9:8; 11:15

Ang gawain ng Diyos ay mabisang gawain. Isinasakatuparan nito ang kanyang layunin. Ang mga mananampalataya ay tinawag sa aktibong paglilingkod, ngunit ang enerhiya at ang bisa ay sa Diyos.

**12:7**
**NASB** **"Datapuwat sa bawat-isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman"**
**NKJV** **"Ngunit ang kapahayagan ng Espiritu ay ipinagkaloob sa bawat-isa para sa pakinabangan *ng lahat*"**
**NRSV** **"Sa bawat isa ay pinagkaloob ang kapahayagan ng Espiritu para sa kabutihan ng lahat"**
**TEV** **"Ang presensya ng Espiritu ay ipinakita sa ilang paraan sa bawat tao para sa kabutihan ng lahat"**
**NJB** **"Ang partikular ng kapahayagan ng Espiritu na ibinigay sa bawat-isa ay upang magamit sa kabutihan ng lahat"**

Ito katotohanan ay lubhang mahalaga para sa buhay at ministeryo ng iglesiya.

1. Bawat mananampalataya ay may isang malayang ipinagkaloob na biyayang kaloob ng Espiritu para sa ministeryo at kaligtasan.
   a. Bawat mananampalataya ay mahalaga.
   b. Bawat mananampalataya ay pinagkalooban.
   c. Bawat mananampalataya ay isang ministro.
2. Ang layunin ng kaloob ng Diyos ay hindi maitaas ang tao, ngunit para sa kalusugan at paglago ng kabuuang katawan. Kailangan natin ang bawat-isa!

Ang katotohanang ito ay lubhang kailangang ng mga naghahati-hati, mapagmataas, mapamilit na mga mananampalataya sa Corinto (at sa bawat panahon). Ang "panlahat na kabutihan" o "pakinabang" (*sumpheron*, cf. 6:12; 7:35; 10:33; II taga-Corinto 8:10) ay para sa katawan at hindi para sa isang tao. Ang mga mananampalataya ay kailangang kunin ang personal na pananagutan mapanatili ang pagkakaisa ng Espiritu sa bigkis ng kapayapaan (cf. taga-Efeso 4:2-3). Ito ay sukdulang naiiba mula sa kanlurang indibidwalismo.

## NATATANGING PAKSA: ANG KRISTYANISMO AY PANGSAMAHAN

A. Ang talinghagang pangmaramihan nina Pablo at Pedro
   1. katawan
   2. bukid
   3. gusali
B. Ang salitang "banal" ay laging PANGMARIHAN (maliban sa Filipos 4:21, ngunit maging dito ito ay pangsamahan)
C. Ang pagbibigay-diin ng Repormasyon sa "pagkakasaserdote ng mananampalataya" ayon kay Martin Luther ay hindi tunay na biblikal. Ang pagkakasaserdote ng mga mananampalataya (cf. Exodo 19:6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).
D. Ang bawat mananampalataya ay binigyan ng regalo para panlahatang kabutihan (cf. I taga-Corinto 12:7)
E. Tanging sa isang samahan ang tao ng Diyos ay magiging mabisa. Ang ministeryo ay pangsamahan (cf. taga-Efeso 4:11-12).

**12:8**
**NASB, NKJV** **"salita ng karunungan. . .ang salita ng kaalaman"**
**NRSV** **"ang pahayag ng karunungan. . .ang pahayag ng kaalaman"**
**TEV** **"isang mensaheng puno ng karunungan. . .isang mensaheng puno ng kaalaman"**
**NJB** **"ang kaloob ng pahayag na nagpapahiwatig ng karunungan. . .ang kaloob ng pahayag na nagpapahiwatig ng kaalaman"**

Ang mga ito ay dalawang magkaibang Griyegong mga termino, "karunungan" (i.e., *sophia*) at "kaalaman" (i.e., *gnōsis*). Sila ay nagpapakita ng Hebreong kaibahan sa pagitan ng "karunungan" at "kaalaman." Ang una ay practikal at ang pangalawa, mas akademiko. Ang una ay nauugnay sa pamumuhay ng Kristiyanong buhay at ang pangalawa sa isang wastong pagpapaliwanag ng Kristiyanong doktrina.

**12:9 "pananampalataya"** Ito ay tumutukoy hindi sa nakakapagligtas na pananampalataya tulad sa Marcos 1:15; Juan 1:12, sapagkat ang mga kaloob ay ipinagkaloob lamang sa mga mananampalataya, ngunit sa mahimalang paggawa ng pananampalataya, na ginawang maliwanag mula sa 13:2 (cf. Mateo 17:20; 21:21).

▣ **"pagpapagaling"** Ang terminong ito (*iaomai*) ay PANGMARAMIHAN (cf. II taga-Corinto 12:7-9,28,30), na sa literal ay "mga kaloob ng mga kagalingan." Ang pagpapagaling ay isang kaloob mula sa Espiritu sa kontekstong ito at isang ministeryo ng "pinuno" sa Santiago 5:14. Ang pisikal na pagpapagaling ay isang katunayan ng pag-ibig at pagkalinga ng Diyos at isang tanda ng espiritwal na pagpapagaling (i.e., kapatawaran ng mga kasalanan, kaligtasan). Para sa mga Huyo, mayroong isang kaugnayan sa pagitan ng kasalanan at pagkakasakit, katuwiran at kalusugan (cf. Deuteronomio 27-28). Gayunman, ang Job

at Awit 73 ay nililinaw ang isyu tulad ng sa Juan 9. Ang hiwaga ay bakit ang ilan ay gumagaling at ang iba ay hindi. Ang pananampalataya ng isa ay hindi maaaring maging susing sangkap, ngunit ang kalooban ng Diyos. Hindi ito gaano kalating pananampalataya ang ating ginaganap, ngunit ang pagtuon ng ating pananampalataya (pananampalataya sa kasinglaki ng isang binhi ng mustasa ay makakapagpagalak ng mga bundok, cf. Mateo 17:20).

Salamat sa Diyos para sa pagpapagaling, mga nagpapagaling at mapagkalingang mga iglesiya!

**12:10 "ang mga paggawa ng mga himala"** Ito ay tila kaagapay sa v. 9a (i.e., pananampalatayang gumagawa ng himala). Yamang ito ay isang tala, hindi sila lubusang maaaring maging magkasingkahulugan. Ang tumpak na kaibahan ay di-tiyak.

▣ **"propesiya"** Mayroong kahit dalawang paraan upang maunawaan ang terminong ito: (1) sa mga sulat sa Corinto, ito ay tumutukoy sa pagbabahagi o pangangaral ng ebanghelyo (cf. 14:1), (2) ang aklat ng Mga Gawa ay binabanggit ang mga propeta (cf. 11:27-28; 13:1; 15:32; 21:10, kahit na ang babaing propeta, 21:9).

Ang suliranin sa terminong ito ay, papaano maiuugnay ang NT kaloob ng propesiya sa OT mga propeta? Sa OT, ang mga propeta ay ang mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Sa NT, ang tungkuling ito ay pinagkaloob sa orihinal na labingdalawang mga Apostol at kanilang mga katulong. Gaya na ang terminong "apostol" ay napanatili gayundin ang isang nagpapatuloy na kaloob (cf. taga-Efeso 4:11), ngunit may isang nabagong tungkulin pagkatapos ng kamatayan ng Labingdalawa, kaya gayundin, ang opisina ng propeta. Ang inspirasyon na nahinto na, kaya wala nang karagdagang inspiradong Banal na Kasulatan (cf. Judas v. 20). Ang pangunahing layunin ng mga propeta sa Bagong Tipan ay ang pangangaral ng ebanghelyo, ngunit ito rin ay isang naiibang tungkulin, maaaring paano iangkop ang katotohanan sa NT sa kasalukuyang kalagayan at pangangailangan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Propesiya sa NT sa 14:1.

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG LUMANG TIPAN

I. PANIMULA
- A. Pambungad na mga Pangungusap
  1. Ang naniniwalang komunidad ay hindi sumasang-ayon sa kung paano ipapaliwanag ang propesiya. Ang ibang mga katotohanan ay naitayo sa isang ortodoks na posisyon sa loob ng ilang mga siglo, ngunit hindi ang isang ito.
  2. Mayroong ilang mga malilinaw na antas sa Propesiya sa OT
     - a. Bago ang pagtatatag ng kaharian (pre-monarkyal)
       - (1) ang mga taong tinatawag na mga propeta
         - (a) Abraham – Genesis 20:7
         - (b) Moses – Bilang 12:6-8; Deuteronomio 18:15; 34:10
         - (c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita para kay Moses)
         - (d) Miriam – Exodo 15:20
         - (e) Medad at Eldad – Bilang 11:24-30
         - (f) Deborah – Hukom 4:4
         - (g) di-pinangalanan – Hukom 6:7-10
         - (h) Samuel – I Samuel 3:20
       - (2) sanggunian sa mga propeta bilang isang grupo – Deuteronomio 13:1-5; 18:20-22
       - (3) makapropetang grupo o samahan – I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7;4:1,38; 5:22; 6:1, atbp.
       - (4) Ang Mesias ay tinawag na propeta – Deuteronomio 18:15-18
     - b. hindi-sumusulat na monarkyal (sinasabihan nila ang hari):
       - (1) Gad – I Samuel 22:5; II Samuel 24:11; I Cronica 29:29
       - (2) Nathan – II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
       - (3) Ahijah – I Hari 11:29
       - (4) Jehu – I Hari 16:1,7,12
       - (5) unnamed – I Hari 18:4,13; 20:13,22
       - (6) Elijah – I Hari 18 - II Hari 2
       - (7) Milcaiah – I Hari 22
       - (8) Elisha – II Hari 2:8,13
     - c. klasikal na sumusulat na mga propeta (sinasabihan nila ang bansa at gayon din ang hari): Isaiah-Malakias (maliban kay Daniel)
- B. Biblikal na mga Termino
  1. *Ro'eh* = "propeta," I Samuel 9:9. Ang sariling sangguniang ito ay nagpapakita ng paglilipat patungo sa salitang *nabi*. *Ro'eh* ay nagmula sa pangkalahatang salita "makita." Ang taong ito ay nauunawaan ang paraan at plano ng Diyos at sinasangguni ang katiyakan ng kalooban ng Diyos sa bagay na iyon.
  2. *Hozeh* = "propeta," II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang kasingkahulugan ng Ro'eh. Ito ay mula sa

bihirang salitang “makita.” Ang pantukoy na anyo ay ginamit ng pinakamadalas upang tukuyin ang mga propeta (i.e., “pagmasdan”).

3. *Nabi’* = “propeta,” mula sa Akkadian na PANDIWA *Nabu* = “tawagin” at Arabic *Naba’a* = “ihayag.” Ito ay pinakakaraniwang salita sa Lumang Tipan na nagtatalaga sa propeta. Ito ay ginamit ng higit ng 300 beses. Ang partikular na etimolohiya ay hindi tiyak ngunit ang “tawagin” sa kasalukuyan ang pinakamahusay na pagpipilian. Maaaring ang pinakamahusay na pagkakaunawa ay nagmula sa paglalarawan ni YHWH sa kaugnayan ni Moses kay Paraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deuteronomio 5:5. Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4.)
4. Ang tatlong mga salita ay ginamit para sa tanggapan ng propeta sa I Cronica 29:29; Samuel - *Ro’eh*; Nathan - *Nabi’* at Gad–*Hozeh*.
5. Ang talatang, *‘ish ha - ‘elohim*, “Tao ng Diyos,” ay isa ring malawak na katawagan para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng 76 beses sa OT sa pakahulugan ng “propeta.”
6. Ang salitang “propeta” ay sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa: (1) *pro* = “bago” o “para” at (2) *phemi* = “magsalita.”

II. ANG PALIWANAG SA PROPESIYA

A. Ang salitang “PROPESIYA” ay mayroong mas malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Ingles. Ang kasaysayan ng mga aklat ni Josue hanggang sa Mga Hari (maliban sa Ruth) ay pinangalanan ng mga Hudyo bilang “ang mga dating mga propeta.” Kapwa sina Abraham (Genesis 20:7; Mga Awit 105:5) at Moses (Deuteronomio 18:18) ay itinalagang mga propeta (at saka si Miriam, Exodo 15:20). Samakatwid, mag-ingat sa pag-aakala ng Ingles na paliwanag!

B. “Propetisismo ay lehitimong maipapaliwanag bilang isang pagkakaunawa sa kasaysayan na tumatanggap lamang ng kahulugan sa pamamagitan ng banal na pag-aalala, banal na layunin, at banal na pakikilahat,” *Interpreter’s Dictionary of the Bible*, tomo 3, p. 896.

C. “Ang propeta ay hindi alinman na isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang pangkasunduang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang nga tao upang hubugin ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma sa kanilang pangkasalukuyan, “Ang mga propeta at propesiya,” *Encyclopedia Judaica* tomo 13 p. 1152.

III. ANG LAYUNIN NG PROPESIYA

A. Ang propesiya ay paraan ng Diyos para magsalita sa Kanyang mga tao, nagtutustos ng paggagabay sa kanilang pangkasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pamamahala sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang mensaheng ito ay pangunahing pangkalahatan. Ito ay para, pagsabihan, palakasin, patatagin ang pananampalataya, at bigyan ng kaalaman ang mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga plano. Hinawakan nila ang mga tao ng Diyos sa pagiging tapat sa tipanan ng Diyos. Dapat idagdag dito ang madalas na paggamit nang malinaw na pagpapahayag sa pagpili ng Diyos ng Kanyang tagapagsalita (Deuteronomio 13:1-3; 18:20-22). Kapag, ito ay inunawa ng sukdulan, ay tumutukoy sa Mesias.

B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang isang makasaysayan o teolohikong krisis sa kanyang panahon at ibinabato sa ekastolohikong tagpuan. Itong pagwawakas ng panahong pananaw ng kasaysayan ay natatangi sa Israel at ang pakahulugan nito sa banal na eleksyon at tipanan mga pangako.

C. Ang katungkulan ng propeta ay para pagtitimbang (Jerermias 18:18) at agawin ang katungkulan ng Punong Saserdote nilang paraan sa pagkilala ng kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay nasasaklawan ang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang katungkulan ng propeta ay parang nawawala na rin sa Israel pagkatapos ng Malakias. Hindi na ito muling bumalik hanggang sa makalipas ang 400 na taon hanggang kay Juan na Bautista. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng “PROPESIYA” ay naiuugnay sa Lumang Tipan. Ang mga Bagong Tipan na mga propeta (Mga Gawa 11:27-28; 13:1; 15:32; I taga-Corinto 12:10,28-29; 14:29,32,37; taga-Efeso 4:11) ay hindi mga tagapamahayag ng mga bagong Kapahayagan o Kasulatan, ngunit mga tagapag-alala at tagapagbigay babala ng mga kalooban ng Diyos sa mga tipanang tagpuan.

D. Ang propesiya ay <u>hindi</u> natatangi o pangunahing likas na propesiya. Ang propesiya ay isang paraan upang pagtibayin ang kanyang katungkulan at ang kanyang mensahe, ngunit dapat na pansining “ mababa sa 2% ng OT na propesiya ay maka-Mesyas. Mababa sa 5% sa partikular ay naglalarawan sa Bagong Tipanang Panahon. Mababa sa 1% ay nagmamalasakit sa mga darating ng mga pangyayari.” (Fee at Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, p. 166)

E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa mga tao para sa Diyos. Ito ay pangkalahatang pangungusap. Mayroon mga hindi kasama gaya ng Habakkuk, na tumutugon sa mga katanungan sa Diyos.

F. Isang dahilan na mahirap na maunawaan ang mga propeta ay dahil hindi natin alam kung paano ang balangkas ng kanilang mga aklat. Hindi sila kronolohiko o sunod-sunod. Sila ay parang may paksa ngunit hindi lagi sa paraan na ating inaasahan. Madalas, walang kapansin-pansing makasaysayang tagpuan, balangkas ng panahon o malinaw paghahati-hati sa pagitan ng mga orakulo. Ang mga aklat na ito ay mahirap (1) na basahin sa isang upuan lamang; (2) na ibanghay sa mga paksa; at (3) na matiyak ang sentrong katotohanan o layunin ng may-akda

sa bawat orakulo.

IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

A. Sa Lumang Tipan mayroong parang pagbabago sa konsepto ng "propeta" at "propesiya." Sa sinaunang Israel mayroong nabuong isang pagsasama-sama ng mga propeta, na pinangungunahan ng matibay at karismatik na pinuno gaya nina Elijah o Elisha. Minsan ang talatang, "mga anak ng propeta," ay ginamit sa pagtatalaga sa grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta ay kinikilala sa pamamagitan ng hubog ng labis na kaligayahan (I Samuel 10:10-13; 19:18-24).

B. Gayumpaman, ang panahong ito ay lumipas ng mabilis patungo sa mga indibidwal na propeta. Mayroong mga propeta (parehong totoo at huwad) na nakikila kasama ng Hari, at namumuhay sa palasyo (Gad, Nathan). At saka, mayroong mga nagsasarili, minsan ay lubusang hindi maka-ugnay sa katayuan ng lipunan ng Israel (Amos). Sila ay parehong lalake at babae (II Hari 22:14.)

C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, may pasubali sa kagyat ng pagtugon ng tao. Madalas ang gawain ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilalang na hindi apektado ng pagtugon ng tao. Ang pangkalahatang ekastolohikong plano ay natatangi sa mga propeta ng Sinaunang Near East. Ang Hula at Tipananang katapatan ay kambal na pagtuon ng mga mensahe ng Propeta (cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang-una na pangsama-sama ang pagtuon. Sila ay madalas, ngunit, hindi natatangi, na tumutugon sa bansa.

D. Karamihan sa mga makapropetang sangkap ay pasalitang ipinakita. Sa kalaunan ito ay pinagsama sa pamamagitan ng paksa, kronolohiya o ibang mga huwaran ng panitikan ng Near Eastern na wala na sa atin ngayon. Sapagkat ito ay pasalita hindi ito naibalangkas na gaya ng isinulat na tuluyan. Ito ang naging dahilan kung bakit ito mahirap basahin na tuloy-tuloy at mahirap na maunawaan ng walang partikular na makaysaysayang tagpuan.

E. Ang mga propeta ay gumagamit ng ilang mga paraan upang ipahayag ang kanilang mga mensahe.

1. Tagpuan sa Korte – Ang Diyos ang nagdadala sa Kanyang mga tao sa korte, madalas ito ay isang kaso ng dibosyo na kung saan si YHWH ay itinatakwil ang Kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
2. Paglalamay na Panambitan – ang natatanging sukat ng tanyong ito ng mensahe at ang mga katangian nito na "pighati" ang naghihiwalay nito bilang natatanging anyo (Isaias 5; Habakkuk 2).
3. Tipanang Pagpapalang Pagpapahayag - ang likas na may pasubaling tipanan ay binigyan diin at ang kahihinatnan, kapwa paayon at pasalungat, ay binaybay para sa panghinaharap (Deuteronomio 27-28).

V. MAKAKATULONG NA MGA ALINTUTUNIN PARA SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN NG PROPESIYA

A. Hanapin ang layunin ng orihinal na propeta (patnugot) sa pamamagitan ng paglista ng makasaysayang tagpuan at ang kontekstong pampanitikan ng bawat orakulo. Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaikong Tipanan sa ilang mga paraan

B. Basahin at bigyan pakahulugan ang buong orakulo, hindi lamang ang isang bahagi;bangyahin ito gaya ng sa nilalaman. Tigna kung paano ito nauugnay sa sa nakapaligid na mga orakulo. Subuking banghayin ang buong aklat.

C. Isipin ang literal na pakahulugan ng talata hanggang sa ang isang bagay sa teksto ang magturo sa iyo sa matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay ilagay ang matalinghagang wika sa tuluyan.

D. Pag-aralan ang simbolikong pagkilos sa liwanag ng makasaysayang tagpuan at mga kahanay na mga talata. Siguraduhing tandaan na ang panitikan ng Sinaunang Near Eastern ay hindi kanluranin o makabagong panitikan

E. Ituring ang propesiya ng may pag-iingat.

1. Sila ba ay natatanging sa panahon lamang ng may-akda?
2. Sila ba ay natupad sa loob ng kasaysayan ng Israel?
3. Sila ba ay mga pangyayari sa hinaharap?
4. Mayroon silang mga pangkasalukuyang pagkakatupad ngunit may inaasahang panghinaharap na katuparan pa?
5. Hayaan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi ang mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyo sa kasagutan.

F. Mahahalagang pagpapaalala

1. Ang propesiya ba ay natatakdaan ng may pasubaling pagtugon?
2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
3. Mayroon bang posibilidad na ang katulad na Biblikal at/o pangkasaysayan ay para sa pangmaramihang pagkakatupad?
4. Ang mga NT na may-akda na nasa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesias sa ibat-ibang lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila marahil ay gumamit ng tipolohiya o paglalaro ng salita. Dahil sa tayo ay hindi inspirado pinakamainam na iwanan natin ang paraan na ito sa kanila.

VI. MAKATUTULONG NA MGA AKLAT

A. *A Guide to The Biblical Prophecy* nina Carl E. Amending at W. Ward Basque

B. *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Gordon Fee at Douglas Stuart

C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young
D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of the Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni Brent Sandy
E. *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, tomo 4, pp. 1067-1078

▣
**NASB** **"pagkakilala sa mga espiritu"**
**NKJV** **"pagkaalam ng mga espiritu"**
**NRSV** **"pagkawari ng mga espiritu"**
**TEV** **"ang kakayahang sabihin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kaloob na nagmula sa Espiritu at ang mga hindi"**
**NJB** **"ang kapangyarihan na makita ang kaibahan ng mga espiritu"**

Mayroong tatlong pinanggagalingan ang pantaong kaloob: (1) sa kalikasan (i.e., likas na mga talento); (2) sa Espiritu; at (3) by ang demonyo. Ang kaloob na ito ay ang kakayahang mapag-iba ang mga pinanggagalingan (cf. I Timoteo 4:1; I Juan 4:1-3).

▣ **"*maraming* iba't-ibang wika"** Ito ay ang Griyegong termino para sa "wika" (i.e., *glōssa*). Ito ay ginamit sa OT bilang isang kasingkahulugan ng "bansa." Sa Griyego, ito ay ginamit sa pagsasalita ng wika sa isang bansa. Ipinapahiwatig nito na ito ay may kahulugan na isang kilalang pantaong wika. Gayunman, ang ang pangangailangan ng isang tagapagbigay kahuluga, na isa ring espiritwal na kaloob, sa halip na isang tagasalin, kasama sa mas buong pagtalakay ni sa kabanata 14, na naghahatid sa isa na mag-isip na ito ay isang kalugodlugod na pagbigkas sa Corinto.

Kung papaanong tiyakang maiuugnay ang "mga wika" ng Corinto sa mga wika sa Pentecost na nakatala sa Mga Gawa ay di-tiyak. Ang himala sa Mga Gawa 2 ay sa tainga (cf. 2:6,8,11), not sa wika. Ang mga karanasan sa wika ng Mga Gawa ay ipinagbibigay-alam ang ebanghelyo nang diretso sa mga Hudyo ng Diaspora na nandoon. Ito rin ay gumaganap bilang isang paraan upang makilala ang presensiya, kapangyarihan, at kalooban ng Diyos para sa pagsasama ng ibang pangkat, tulad ng Samaritano (cf. Mga Gawa 8) at Cornelio, isang Romanong pinuno ng hukbo (cf. Mga Gawa 10). Ang mga wika sa Mga Gawa ay isang tanda sa mananampalatayang Hudyo na ang Diyos ay binuksan ang pinto para sa mga Hentil upang maisama (cf. 15:8). Pansining <u>hindi</u> kailangang ng isang magbibigaykahulugan sa Mga Gawa!

Ang mga wika sa Corinto ay katulad sa nakakalugod na pagsasalita ng Griyegong relihiyon (e.g., Delphi). Ang Corintong mga wika ay tila mali ang paggamit o malabis na niluluwalhati (cf. 13:1 at 14:1-33).

Ang mga wika ay isang paraan para sa isang mananampalataya na magkaroong nang malapit na pakikiniig sa Diyos, ngunit walang kaunawaan. Ito ay isang mabisang kaloob (cf. 14:39), ngunit ito ay hindi para sa lahat ng mga mananampalataya (cf. 12:29-30, na may isang kalipunan ng mga tanong na inaasahan ang isang "hindi" na sagot). Ito ay hindi isang kaloob na nagpapatunay na ang isa ay ligtas o nagpapakita na ang isa ay isang espiritwal na tao. Ang mga wika dagdagan ng pagbibigay-kahulugan ay isa pang paraan pagbibigay-alam ng ebanghelyo at kaugnayan nito.

▣ **"ang pagpapaliwanag ng mga wika"** Ang Corinto ay isang kosmopolitang lungsod, Romano sa kultura, Griyego sa heograpiya. Ang kinaroroonan ng lungsod ay pinagsama ang panganib sa paglalayag sa paligid ng tangway ng Gresiya sa taginaw na pinagsama upang gawin itong isang pangkalakalang mga sangang-daan ng silangang emperyo at ang kanlurang emperyo. Bawat bansa ay nasa Corinto, ngunit ang mga wika ay nangangailangang ng isang espiritwal na kaloob upang ipabatid ang kanyang mensahe para sa iglesiya, hindi lamang isang tagasalin. Ang mga wika sa Corinto ay <u>hindi</u> isang kilalang wika.

**12:11** Ang talatang ito ay nagbibigay-diin sa katotohanan na ipinagkakaloob ng Espiritu sa bawat mananampalataya na isang kaloob sa ministeryo (cf. vv. 7,18). Gayundin, ang alinmang kaloob ay sa pagpili ng Espiritu, hindi ng mananampalataya. Walang kaantasan ang mga kaloob. Ang lahat ng mga kaloob ay upang paglingkuran ang katawan ni Kristo, ang iglesiya (cf. v. 7). Hindi sila mga palatandaan ng kagalingan, ngunit mga tuwalya ng paglilingkod.

## NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monotheism*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay nakatala.

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)

5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*) (cf. taga-Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. taga-Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I taga-Thesalonica 5:19)

Ang mga talatang Trinidad ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II taga-Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Mga Gawa 15:28
2. taga-Roma 8:26
3. I taga-Corinto 12:11
4. taga-Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang bagong kabanata. Palaging na kay Hesus ang Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:12-13

**[12]Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Kristo. [13]Sapagka't sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo'y Hudyo o Griyego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.**

**12:12** Ito ay nagsimula sa isang bagong talata na gumagamit ng mga pakikipag-ugnayan ng pantaong katawan bilang isang talinghaga para sa iglesiya (cf. taga-Efeso 4:4,16). Binibigyang-diin nito ang pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba. Ang pagtuon ay hindi sa anumang bahagi, ngunit sa pagganap ng kabuuan; hindi isa lamang, ngunit ang pamilya.

Ang OT at NT ay may pangkabuuang pagbibigay-diin (tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:7). Ito ay nangangahulugang pinapababa ang katotohanan na ang tao ay naging mga Kristiyano sa pang-isahang saligan, ngunit kung ang isa ay Kristiyano na, ang pagtuon ay palaging ang kalusugan, pagkakaisa, at kapakanan ng kabuuan!

**12:13 "sa isang Espiritu"** Ang PANG-UKOL (*en*) ay maaaring mangahulugang "sa," "kasama ng," o "sa pamamagitan ng." Mag-ingat sa paggamit ng Koine Griyegong MGA PANG-UKOL sa paggawa ng mga pangdoktrinang panindigan. Ito ay kaagapay sa taga-Efeso 2:18; 4:4.

Ang Espiritu ay ang paraan ng Diyos sa pag-uudyok ng mga tao sa kasalanan, paglapit sa kanila kay Kristo, pag-bautismo sa kanila kay Kristo, at hinuhubog si Kristo sa kanila (cf. Juan 16:8-14). Ito ay ang panahon ng Espiritu. Ang Kanyang pagkilos ay tanda na ang bagong panahon ng katuwiran ay dumating na. Ang kaloob ay ang Espiritu at ang Espiritu ay nagbibigay ng mga kaloob na nagpapakilala ng Kanyang gawain sa paghahayag kay Kristo, inilalapit ang mga napahamak kay Kristo, at inaanyo ang pagiging-wangis ni Kristo sa mga mananampalataya.

▣ **"ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan"** Ang tubig ng bautismo ay isang talinghaga sa isang nakaraang espiritwal na karanasan na naganap sa kaligtasan (cf. taga-Efeso 4:5). Sa maraming paraan, ang taga-Efeso 4:4-6 kaagapay sa talatang ito. Ang bautismong ito ay tumutukoy sa panimulang kaligtasan, na isinasama ang mga mananampalataya sa katawan ni Kristo, ang Iglesiya. Ang madalas na gamiting makabagong pariralang "ang bautismo ng ang Banal na Espiritu" ay nakalilito sapagkat sa bibliya, ito ay tumutukoy sa sinumang nanampalataya kay Kristo bilang tagapagligtas, ngunit ito ay ginamit ngayon sa isang nakapagbibigay kapangyarihan, pagbibigay-daan, na kinalaunan, sa buhay ng mga mananampalataya. Hindi ko itinatanggi ang katotohanan ng mga sumunod na karanasan, ngunit kinikilangan ang terminong "karanasan sa Panginoon." Sa pagbabasa ng mga talambuhay ng dakilang mga Kristiyano, ang isang huwaran ay lumilitaw: (1) pagtitiwala kay Kristo; (2) pagsisikap na paglingkuran Siya; (3) kabiguang mamunga ng magtatagal na bunga; (4) mga kabiguan sa mga pansariling pagpupunyagi; (5) pagsuko ng pangangailangan para sa Diyos upang gawin ang Kanyang sariling gawain: (6) pagpapalakas para sa ministeryo; at (7) lahat ng kaluwalhatian saDiyos, hindi sa pangtaon sisidlan.

▣ **"maging tayo'y Hudyo o Griyego, maging mga alipin o mga laya"** Wala nang mga pantaong pagkakaiba sa mundo at mga hadlang sa kanilang nagsisisampalataya kay Kristo (cf. Joel 2:28 na sinipi ni Pedro sa Mga Gawa 2:14-36; taga-Galacia 3:27-28; taga-Colosas 3:11). Ang katotohanang ito ay tiyakang nagpapahayag ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng mga taong mananampalataya. Gayunman, hindi nito kinakailangang tanggalin ang lahat ng mga kaibahan. Ang lahat mga mananampalataya ay tinawag, mga lingkod na may kaloob, ngunit isang Kristiyano na maaari pa ring isang alipin.

Ang pagkakapantay-pantay na ito ay maaaring nakapagpabigla sa lipunang Romano sa Corinto, kung saan ang lalaki ay ang pinakamataas na awtoridad ka (1) kanyang asawa; (2) kanyang mga anak; at (3) kanyang mga pantahanang alipin. Mayroong mahigpit na panlipunang kaantasan. Ang radikal na teolohiya ni Pablo, batay sa katuruan at pagkilos ni Hesus, ay isang marahas na pagpapalit ng tularan (paradigm) at nakakagulat na bagong pananaw sa mundo na kailangang ipamuhay sa pakikipag-ugnayan sa iglesiya (cf. taga-Efeso 5:18-6:9). Tiyak na sa aspetong ito, nag ang iglesiya saCorinto ay lumihis.

▣ **"tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu"** Ang terminong ito ay ginamit sa pagpapatubig. Ito sa literal ay nangangahulugang "nababad." Ito ay ipinapaliwanag bilang pagtukoy sa Hapunan ng Panginoon nina Augustino, Luther, at Calvin, ngunit dahil sa Juan 7:37-39, ito ay maaaring tumukoy sa Espiritu. Ito ay isang talinghaga ng pagkakaisa at pagsasama-sama na dinala ng isang kinatawan, ang Espiritu.

Kapwa "nabautismuhan" at "pinainom" ay AORIST BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng isang nataps na gawain sa nakalipas. Ang panahunan at pagkakaagapay ay nagpapakita na sila ay hindi tumukoy sa Kristiyanong tubig ng bautismo at ang Hapunan ng Panginoon, ngunit sa isang natapos na pangyayari (i.e., pagbabagong-loob sa pamamagitan ng Espiritu, i.e., ang BALINTIYAK NA TINIG, o kay Kristo, cf. Mateo 3:11; Lucas 3:16; Mga Gawa 1:5, o ng Ama, cf. Mga Gawa 2:33).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:14-18

**14 Sapagka't ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami. 15 Kung sasabihin ng paa, Sapagka't hindi ako kamay, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 16 At kung sasabihin ng tainga, Sapagka't hindi ako mata, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 17 Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan naroroon ang pangamoy. 18 Datapuwa't ngayo'y inilagay ng Diyos ang bawa't isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa kaniyang pagnanais.**

**12:14-26** Si Pablo ay gumagamit ng pisikal na katawang bilang isang paghahalintulad upang ipakita ang nagdadamayang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng isa-isang bahagi ng katawan na kailangan para sa pagganap ng kabuuan. Bawat isang bahagi ay kailangan para sa malusog at bisa ng kabuuan.

**12:14** Ito ay ang buod na katotohanan na inulit nang maraming beses sa kabanatang ito (cf. vv. 12,13,14,20,25,27).

**12:15-16 "Kung. . .kung"** Ang mga ito ay kapwa PANGATLONG URING MAY PASUBALING MGA PANGUNGUSAP, na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Ang mga pandiwang ito ay nagpapakita ng pag-igting na umiiral sa pagitan hindi lamang sa naghahati-hating pangkat, ngunit sa kanilang labis na pagsubok sa ilang espiritwal na mga kaloob. Ang lahat ng mga kaloob ay mula sa Diyos at Siya ang pumipili ang para sa bawat mananampalataya (cf. vv. 11,18).

**12:17,19 "Kung. . .kung"** Ang mga ito ay di-buong PANGALAWANG URING MAY PASUBALING MGA PANGUNGUSAP (i.e., walang PANDIWA sa v. 17 at walang pangwakas na sugnay sa lahat ng tatlo). Ang unang bahagi ay mali (i.e., ang kabuuang katawan ay hindi isang mata, v. 17; ang kabuuang katawan ay hindi isang tainga, v, 17; at ang kabuuang katawan ay hindi isang bahagi, v. 19, cf. A. T. Robertson, *A Grammar of the Greek New Testament In Light of Historical Research*, pp. 1015,1023 at *Short Grammar of the Greek New Testament*, p. 166).

**12:18 "inilagay ng Diyos"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng isang buo at personal na pagkilos. Sa v. 11 ang Espiritu ay sinasabing namamahagi ng mga kaloob. Ito ay isang maliwanag na pagpapakilala ng Espiritu bilang Diyos! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:11.

▣ **"inilagay ng Diyos ang bawa't isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa kaniyang pagnanais"** Ang sanggunian ay sa paglalang ngunit ang paghahalintulad ay sa espiritwal na mga kaloob (cf. v. 27). Hindi tayo pumipili; ang Diyos ang naglalagay.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:19-25

**19 At kung ang lahat nga'y pawang isang sangkap, saan naroroon ang katawan? 20 Datapuwa't maraming mga sangkap nga, nguni't iisa ang katawan. 21 At hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan. 22 Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina: 23 At yaong mga sangkap ng katawan, na inaakala nating kakaunti ang kapurihan, sa mga ito ipinagkakaloob natin ang lalong saganang papuri; at ang mga sangkap nating mga pangit ay siyang maaaring lalong saganang kagandahan; 24 Yamang ang mga sangkap nating magaganda ay walang kailangan: datapuwa't hinusay ng Diyos ang katawan na binigyan ng lalong saganang puri yaong sangkap na maaaring kakulangan; 25 Upang huwag magkaroon ng pagkakabahabahagi sa katawan; kundi ang mga *sangkap* ay mangagkaroon ng magkasing-isang pagiingat sa isa't isa.**

**12:22-24 "lalong mahina. . . kakaunti ang kapurihan. . .mga pangit. . . yaong *sangkap* na maaaring kakulangan"** Ito ay maaaring tumukoy sa mga bahagi ng katawan ng tao na natatakpan ng damit. Ang pagtalakay na ito ay naghahayag na ang ilan sa mga di-malinaw, kulang sa pangkulturang naisin, hindi lubhang hayag na mga kaloob ay kailangan pa rin sa isang malusog, masayang katawan. Diyos/Espiritu ay ipinagkaloob ang mga kaloob, lahat ng mga kaloob ay kinakailangan, lahat ng mga kaloob ay may dangal. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

▣ **"saganang puri"** Ang terminong ito ay nasa kapwa v. 23 at 24. Tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 2:7.

**12:25** Ang talatang ito ay naghahayag ng pangunahing punto ni Pablo (i.e., isang *hina* sugnay, layuning sugnay). Ang iglesiya ay dapat na nagkakaisa, hindi naghahati-hati. Ang mga mananampalataya ay nangangalaga para sa bawat isa (cf. 12:7), hindi ginagawa ang kanilang sariling gawain!

Ang MGA PANDIWA ay PASAKALI, na nagpapakilala ng isang maaaring mangyari. Ito ang kailangan nilang gawin, ngunit mayroong ilang pagduruda tungkol sa paggawa nila nito.

Ang terminong "pag-iingat" ay kadalasang nangangahulugang pag-aalala o pagkabahala (cf. Mateo 6:25,27; 10:19; 13:22; II taga-Corinto 11:28; taga-Filipos 4:6). Ito rin ay maaaring maghayag ng lehitimong pagmamalasakit, gaya ng nasa tekstong ito at 7:32,33,34 at taga-Filipos 2:20.

▣ **"pagkakabahabahagi"** Ito ay ang Griyegong termino *schisma*, kung saan ating makukuha ang Ingles na terminong schism at schismatic. Dati nang binanggit ni Pablo ang mga "pagkakabahabahagi" (cf. 1:10; 11:18). Sila ang saligang suliranin sa Corinto. Ang mga pagkakabahabahagi ay maiuugnay sa (1) partikular na mga pinuno; (2) partikular na teolohikong pagbibigay-diin; (3) katatayuang panlipunan ng mga Romano; (4) pagpapalaki ng tiyak na mga kaloob; o (5) latak ng paganong kaisipan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:26

**26 At kung ang isang sangkap ay nagdaramdam, ang lahat ng mga sangkap ay nangagdaramdam na kasama niya; o kung ang isang sangkap ay nagkakapuri, ang lahat ng mga sangkap ay nangagagalak na kasama niya.**

**12:26 "kung. . .kung"** Ang mga ito ay UNANG URING MAY PASUBALING MGA PANGUNGUSAP (*eite* na may PANGKASALUKUYANG MAY PAHIWATIG, cf. II taga-Corinto 1:6; na walang PANDIWA, cf. taga-Roma 12:6-8; I taga-Corinto 3:22; 8:5; 14:27; II taga-Corinto 5:10) na naghahayag ng nais ni Pablo sa kung paano makikitungo ang mga mananampalataya sa bawat-isa (cf. taga-Roma 12:15).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:27-31a

**27 Kayo nga ang katawan ni Kristo, at bawa't isa'y samasamang mga sangkap niya. 28 At ang Diyos ay nagtalaga ng ilan sa iglesia, una-una'y mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikatlo'y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika. 29 Lahat baga'y mga apostol? lahat baga'y mga propeta? lahat baga'y mga guro? lahat baga'y mga manggagawa ng mga himala? 30 May mga kaloob na pagpapagaling baga ang lahat? nangagsasalita baga ang lahat ng mga wika? lahat baga ay nangagpapaliwanag? 31 Datapuwa't maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob.**

**12:28 "ang Diyos ay nagtalaga"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay teolohikal na kaagapay sa 12:18.

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa at 1:2.

▣ **"mga apostol"** Ang Griyegong termino ay mula sa isa sa Griyegong MGA PANDIWANG "sinugo." Ito ay ginamit ng mga rabbi para sa sinuman na ipinadala bilang isang opisyal na kinatawan ng iba. Sa Ebanghelyo ni Juan, kinukuha nito ang implikasyon na si Hesus ang Mesias na isinugo ng Diyos. Ang Isang Isinugo ang nagsugo sa Kanyang mga tagasunod (cf. Juan 20:21). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pinadala (Isinugo) sa 4:9.

Sa orihinal it ay tumutukoy sa Labingdalawa, ngunit pagkatapos, ito ay ginamit sa iba: (1) Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4,14); (2) Andronico at Junia (cf. taga-Roma 16:7); (3) Apollos (cf. I taga-Corinto 4:9); (4) Santiago ang kapatid sa ina ni Hesus (cf. taga-Galacia 1:19); (5) Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25; (6 & 7) Silas at Timoteo (cf. I taga-Thesalonica 2:6). Ang kaloob ay binanggit sa taga-Efeso 4:11 bilang isang nagpapatuloy na kaloob.

▣ **"mga propeta"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Propesiya sa NT sa I taga-Corinto 14:1 at Propesiya sa OT sa 12:10.

**"mga guro"** Ang kaloob na ito ay binanggit sa Mga Gawa 13:1 na isinama sa propesiya, ngunit sa taga-Efeso 4:11 ito ay inuugnay sa mga pastor. Sa II Timoteo 1:11, sinasabi ni Pablo na siya ay isang mangangaral, apostol, at isang guro. Dito, ito ay tila tumatayo ng nakapag-iisa gaya ng sa taga-Roma 12:7. Ito rin ay magkahiwalay na tinalakay sa Santiago 3:1ff. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga kaloob sa pamumuno ay maaaring maisama sa iba't-ibang paraan sa iba't-ibang mga mananampalataya upang tugunan ang pangangailangang ng iglesiya sa panahon o lugar na iyon. Bawat mga pinunong maaaring kaloob ay ipinahahayag ang ebanghelyo, ngunit maaaring iba't-ibang pagbibigay-diin.

**"mga himala"** Pansinin sa vv. 9 at 10, ang kaloob na ito ay binanggit dalawang beses, ngunit dito ay minsan lang. Ang mga himala ay isang paraan upang patibayin ang ebanghelyo. Sila ay kilala sa mga Ebanghelyo at Mga Gawa at binanggit sa ang Apostolikong mga sulat. Sila ay karaniwan pa rin sa mga lugar na ang ebanghelyo ay bago.

**"mga kaloob na pagpapagaling"** Ang kaloob na ito ay gumaganap kapwa upang ihayag ang pag-ibig ng Diyos at pagtibayin ang ebanghelyo. Ang tanong ay hindi na ba nagpapagaling ang Diyos, ngunit bakit ang ilan at hindi ang iba? Ang Santiago 5:13-18 ay nagbibigay nang karagdagang gabay patungkol sa kung paano ito pakitutunguhan sa isang lokal na iglesiya. Sa Santiago, ito ay isang ministeryo ng lokal na mga pinuno, hindi isang espiritwal na kaloob.

**NASB, NKJV "mga pagtulong"**
**NRSV "mga anyo ng tulong"**
**TEV "kapangyarihan na. . .tulungan ang iba"**
**NJB "nakakatulong na mga pagkilos"**

Ang terminong ito ay ginamit sa "gawaing nakakatulong." Ito ay isang pangkalahatang termino at maaaring tumukoy sa regular na ministeryo ng mga diyakono (cf. taga-Filipos 1:1 at R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, p. 793).

**NASB, NKJV "mga pamamahala"**
**NRSV "mga anyo ng pamumuno"**
**TEV "sila na pinagkalooban ng kapangyarihan. . .upang pamunuan sila"**
**NJB "ang mga kaloob ng. . .paggabay"**

Ang terminong ito, sa orihinal ay ginamit sa isang piloto ng sasakyang-dagat (cf. Mga Gawa 27:11; Pahayag 18:17). Ito ay ginamit na patalinghaga para sa mga pinuno ng iglesiya na gumaganap bilang mga gabay. Ito ay ang kakayahang manguna sa iba upang tuparin ang mga espiritwal na gawain.

A. T. Robertson, *Word Pictures In Greek New Testament*, tomo 4, ay nagsaabi na "mga pagtulong" ay tumutukoy sa gawain ng mga diyakono sa pagtulong sa mahihirap at maysakit at ang "mga pamamahala" ay tumutukoy sa gawain ng mga obispo/ mga matatanda/ mga pastor, pp. 173-174.

**"maraming iba't-ibang mga wika"** Tingnan ang v. 10.

**12:29-30** Ang kalipunan ng mga tanong na ito ay nagsimulang lahat sa isang SALUNGAT NA KATAGA (i.e., MĒ), na nangangahulugang ang mga tanong ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ito ay isang mahalagang talata sa pagpapabulaanan ng teolohikong labis na paghahayag na ang "mga wika" ay isang kaloob para sa bawat mananampalataya, isang isang uri ng pagpapatunay na ang tanda ng kaligtasan at/o isang natatanging tanda ng tunay sa kabanalan. Ito ay isang wastong kaloob, ngunit hindi para sa bawat-isa. Ang isa pang kalabisan ay itanggi ang "mga wika" gaya ng lumilipas sa Apostolikong panahon. Ito rin ay isang teolohikong malabis na pahayag (cf. 14:39).

Ang buong punto ng kabanatang ito ay mayroong isang katawan, ngunit maraming bahagi. Walang bahagi (i.e., kaloob) ay nakakapangyari.

**12:31a**
**NASB, NIV "Datapuwat maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob"**
**NKJV "Ngunit maaaring sigasig ninyong naisin ang pinakamainam na mga kaloob"**
**NRSV "Ngunit magpunyagi sa lalong dakilang mga kaloob"**
**TEV "Itakda ang inyong mga puso, ngayon, sa mas mahahalagang mga kaloob"**
**NJB "Itakda ang inyong isipan sa mas matataas na mga kaloob"**

Ito ay alinman sa (1) isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (i.e., isang pahayag ng katotohanan) o (2) isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (i.e., isang nagpapatuloy na kautusan). Si W. Randolph Tate, *Biblical Interpretation*, ay kinakatigan ang MAY PAHIWATIG, "ikaw ay nagpupunyagi para sa mas mainam na mga kaloob" bilang isa pang may mga panunuyang puna ni Pablo (p. 22).

Ang pangalawang bahagi ng talatang ito ay kasama ng kabanata 13. Ang mas dakilang mga kaloob ay tumukoy sa (1) pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig ng 13:13, na ang pag-ibig bilang pinakadakila o (2) ang mga kaloob na nagpapatibay ng

buong katawan, 14:1ff, na pangangaral at pagtuturo (cf. v. 28).

Ang babalang ito ay tila tumukoy sa iglesiya bilang isang kabuuan, hindi pang-isahan. Ang pagtuon sa pang-isahan ay isang karaniwang pangkanlurang disposisyon Ang pagtuon sa kabanatang ito ay pangkalahatan. Ang iglesiya ay kailangang tanungin ang Espiritu para sa mas higit sa Kanyang kaloob (i.e., mga mananampalataya) na nangangaral ng ebanghelyo at itinatayo ang katawan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay maaaring pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit maaaring ganitong suliranin sa mga espiritwal na kaloob sa Corinto?
2. Kailan natatanggap ng mananampalataya espiritwal na kaloob? Ang bawat isa ba ay maaaring isa? Maaari bang ang isa ay magkaroon ng higit sa isang espiritwal na kaloob? Maaari bang mawala ang kanyang kaloob?
3. Ana ang layunin ng espiritwal na mga kaloob?

## ILANG PRAKTIKAL NA MGA GABAY SA MGA MANANAMPALAYA KUNG PAANO NILA MAKIKILALA ANG KANILANG MGA KALOOB

1. Hingin sa Diyos na tiyakang ipakita sa iyo.
2. Magtanong sa ibang lumalagong mga mananampalataya na nalalaman mo sa kung ano ang maaari mong maging kaloob.
3. Siyasatin mo ang iyong mga likas na naisin.
4. Kumilos sa direksyon ng pinakamaliwanag na ilaw na iyong taglay at iyong naisin.
5. Subukan mo ito at hanapin ang personal na kasiyahan at espiritwal na bunga.

Ito ay kinuha mula sa isang napakagandang libirto ni Paul Little, *Affirming the Will of God*, na inilimbag ng IVP. Binibigyan nito ng Kristiyanong karunungan, hindi Banal na Kasulatan, sa kung paano malalaman ang kalooban ng Diyos, na katulad sa kung paano malalaman ang espiritwal na kaloob ng sinuman.

Gayunman, mga mananampalataya ay kailangang matandaan na ang mga tala ng mga kaloob ay hindi magkakatulad. Ang kakayahang pangalanan ang ating kaloob ay hindi kasinghalaga sa pagkilala ng ating taglay. Ang mga mananampalataya, lahat ng mga mananampalataya, ay tinawag at pinagkalooban sa ministeryo (cf. taga-Efeso 4:11-12).

# I MGA TAGA-CORINTO 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Kaayusan sa Pangmadlang Panambahan (11:2-14:40) |
| Pag-ibig | Ang Pinakadakilang Kaloob | Pag-ibig, ang Pinakadakilang Kaloob at Daan | Pag-ibig | Ang Pagkakasunod-sunod ng Kahalagahan ng Epiritwal na Kaloob at Pag-ibig |
| 12:31b-13:3 | | | | 12:31-13:3 |
| | 13:1-13 | 13:1-3 | 13:1-3 | |
| 13:4-7 | | 13:4-7 | 13:4-7 | 13:4-7 |
| 13:8-13 | | 13:8-13 | 13:8-10 | 13:8-12 |
| | | | 13:11-12 | |
| | | | 13:13 | 13:13 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 13:1-13

A. Ang kabanatang ito ay bumubuo ng isang mahalagang bahagi ng pagtalakay ni Pablo ng espiritwal na mga kaloob. Ang "pag-ibig na kabanata" ay itinakda nang tama sa gitna ng tunggalian sa espiritwal na mga kaloob.

B. Ang iglesiya sa Corinto ay sinubukang palabisin ang ilang mga kaloob. Pinapagtibay ni Pablo lahat ng mga kaloob at nagtatakda sa kanilang mga tungkulin at layunin sa nagkakatipong panambahanan sa mga kabanatang 12-14.

C. Ang pangawalang pangunahing pagsubok sa espiritwal na mga kaloob (tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, kabanata 12, B) ay, "Sila ba ay tinutupad ng may pag-ibig?"

### PAYAK NA BALANGKAS

A. Ang pangangailangan ng pag-ibig bilang layuning sa pagtupad ng espiritwal na mga kaloob (vv. 1-3).

B. Ang katangian ng pag-ibig ay naihahayag sa mga pakikipag-ugnayan sa mga tao (vv. 4-7)

C. Ang hantungan ng pag-ibig bilang isang katangian ng pamilya ng Diyos (vv. 8-13).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:31b-13:3

**[12:31]At itinuturo ko sa inyo ang isang daang napakagaling. [13:1]Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. [2]At kung magkaroon ako *ng kaloob* ng propesiya, at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay wala akong kabuluhan. [3]At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa *mga dukha*, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay walang pakikinabangin sa akin.**

**12:31b "ang isang daang napakagaling"** Ang terminong "napakagaling" ay isang Griyegong terminong binubuo ng *huper* (i.e., sa ibabaw o lagpas) at *ballō* (i.e., itapon). Ito ay pangtalinghaga para sa anumang lumalagpas. Madalas na ginagamit ni Pablo ang talinghagang ito sa II taga-Corinto (cf. 1:8; 3:10; 4:7; 9:14; 11:23; 12:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa 2:1.

Ang terminong "daan" ay isang OT talinghaga para sa maka-Diyos na pamumuhay (cf. Deuteronomio 5:32-33; 31:29; Mga Awit 27:11; Isaias 35:8). Ang pananampalataya sa OT, tulad ng pananampalataya sa NT, ay hindi lamang isang tamang paniniwala (orthodoxy), ngunit isang buhay ng pagsunod (orthopraxy). Ang tawag sa sinaunang iglesiya ay "Ang Daan" (cf. Mga Gawa 9:2; 19:9,23; 24:14,22). Ang pinakamabuti sa Diyos ay isang pag-ibig na ipinagkaloob ang sarili, na inahalimbawa Niya at Kanyang Anak.

**13:1 "Kung"** Ito ay isang kalipunan ng PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugan ng maaaring pagkilos, sa vv. 1, 2, at 3 (dalawang beses).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel"** |
| **NRSV** | **"ako'y magsalita ng mga wika ng mga mortal at ng mga anghel"** |
| **TEV** | **"May kakayahan man akong magsalita ng mga wika ng mga tao at kahit na mga anghel"** |
| **NJB** | **"kahit na ako'y nakakapag-utos sa mga wika kapwa pantao at pang-anghel"** |

Ito ay maliwanag na isang sanggunian sa kaloob ng mga wika na nabanggit sa 12:10,28-29, isang kaloob na pinapalaki ng Corintong iglesiya at taglay ni Pablo (cf. 14:1,5,6,18-19).

Yamang sa aking palagay na ang "mga wika" sa Mga Gawa ay naiiba sa "mga wika" sa Corinto, ang dalawahang sangguniang ito ay nakakapagpataka sa akin kung maaari na is Pablo ay nauunawaan din ang mga wika na pantaong mga wika (i.e., Pentecost) at isang nakakalugod na pagbigkas (i.e., wika ng langit). May katiyakan na kanyang pinanindigan ang isang buong pangwikang kakayahan lamang ay di sapat maliban na pinalalakas ng pag-ibig! Ang Kristiyanismo ay mahigit sa isang mensahe; ito ay isang persona, isang nagkaloob ng sarili, mapagmahal, masunuring persona—si Hesus.

▣ **"pag-ibig"** Ito ay ang Griyegong terminong *agapē*. Ito ay isa sa maraming salita para sa "pag-ibig" sa Klasikong Griyego, ngunit madalang na gamitin (i.e., ang PANGNGALANG anyo). Ang sinaunang iglesiya ay tila pinili ang terminong ito at inihawa ito sa isang bagong Kristiyanong kahulugan (i.e., pag-ibig ng Diyos at kay Kristo na pinagkaloob ang sarili, cf. I Juan 4:10) dahil sa pagkagamit nito sa Septuagint (e.g., Genesis 22:2) at rabbinikong Judaismo. Sa OT, pangkasunduang pag-ibig ng Diyos at katapatan sa Kanyang mga pangako at mga kasunduan ay inihayag sa *hesed*. Sa maraming paraan, ang *agapē* ay naghahayag ng ganiton konsepto ng "kasunduang pag-ibig" sa pag-aagapay nito sa "Kaharian ng Diyos." Ito ay naging ang termino sa NT para sa katangian ng Diyos, na ninanais Niyang nag Kanyang tagasunod ay tularan (cf. I Juan 4:7-21).

Isa lamang tala patungkol sa ang ugnayan ng *agapē* sa *philos*. Sa ilang konteksto, mayroong tila naging isang pagkakaiba (cf. Juan 21:15-19). Gayunman, sa Koine Griyego sila ay karaniwang magkasingkahulugan (cf. Juan 3:35 at 5:20).

### NATATANGING PAKSA: KAGANDAHANG-LOOB (*HESED*)

Ang salitang ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang BDB kinilala ito sa ganitong paraan (338-339).

A. Ginamit na may kinalaman sa mga tao
   1. kagandahang-loob sa kapwa tao (e.g., I Samuel 20:14; II Cronika 24:22)
   2. kagandahang-loob sa mga mahihirap at nangangailangan (e.g., Mikas 6:8)

3. pagsinta (cf. Jeremias 2:2; Osea 6:4)
4. anyo (cf. Isaias 40:6)

B. Ginamit na may kinalaman sa Diyos
1. Pangkasunduang katapatan at pag-ibig
a. "sa pagtubos mula sa mga kaaway at sa mga kaguluhan" (e.g., Jeremias 31:3; Ezra 27:28; 9:9)
b. "sa pagpapanatili ng buhay mula sa kamatayan" (e.g., Job 10:12; Awit 86:13)
c. "sa pagiging-buhay sa espiritu" (e.g., Awit 119:41,76,88,124,149,150)
d. "sa pagtubos mula sa kasalanan" (cf. Awit 25:7; 51:3)
e. "sa pag-iingat ng mga kasunduan" (e.g., II Cronika 6:14; Nehemias 1:5; 9:32)
2. Naglalarawan ng isang banal na katangian (e.g., Exodo 34:6; Mikas 7:20)
3. kagandahang-loob (kabutihan) ng Diyos
a. "masagana" (e.g., Nehemias 9:17; Awit 103:8)
b. "dakila sa hangganan" (e.g., Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9)
c. "walang-hanggan" (e.g., I Cronika 16:34,41; II Cronika 5:13; 7:3,6; 20:21; Ezra 3:11)
4. Mga gawa ng kabutihan (kagandahang-loob) (e.g., II Cronika 6:42; Awit 89:2; Isaias 55:3; 63:7; Panaghoy 3:22)

▣
**NASB, NRSV** **"tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw"**
**NKJV** **"bilang tunog ng tanso o katatong ng pomyang"**
**TEV** **"hindi lalabis sa isang maingay na gong o isang umaalingawngaw na kampana"**
**NJB** **"isang gong na umuugong o isang pompyang na maingay"**

Sa kasaysayan, sa mundo ng unang siglong Romano ito ay ginamit ng mga kulto ng Dionysus at Cybele sa pagsamba upang maakit ang kanilang diyus-diyosan. Sa kontekstong ito ng pag-abuso sa Corinto, ito maaaring mangahulugang patalinghaga na "isang kiyaw-kiyaw ng mga trompeta" (cf. Mateo 6:2), na dinala sa atensyon ng isang magsasalita gaya ng pagtaki ng lalaki sa kanilang buhok sa tinipong pagsamba o sa di-pagtatakip ng mga babae sa kanilang maiiksing buhok sa tinipong pagsamba (cf. 11:4-5).

Ang lungsod ng Corinto ay kilala sa sinaunang mundo para sa kanyang tansong kalakal. Ang isa na ginagamit ang ganitong materyal ay para sa "mga pagdadagdag ng taginting" sa mga tanghalan (cf. *Dictionary of Paul and His Letters*, p. 172).

Ang parallelismo ni Pablo ay nagpapakita ng katindihan ng kanyang nararamdaman patungkol sa espiritwal na mga gawain na walang pag-ibig.
1. "Ako ay naging isang maingay na batingaw" (GANAP NA PANAHUNAN), v. 1
2. "Ako ay wala" (KASALUKUYANG PANAHUNAN), v. 2
3. "wala akong pakinabang ito" (KASALUKUYANG PANAHUNAN), v. 3

**13:2 "*kaloob ng* propesiya"** Sa aklat na ito, ang terminong ito ay pinakamainam na mauunawaan bilang "pagbabahagi ng ebanghelyong mensahe" (cf. 11:4,5; 14:39). Ang unang tatlong termino ng v. 2 ay nauugnay sa mga kaloob ng karunungan at kaalaman (cf. 12:8). Mayroong isang suliranin sa dakong ito, gaya ng ipinapakita ng pasalungat mga kapahayagan ni Pablo sa 1:17,19,20,21,22,24; 2:1,4,5,6,13; 3:19. Ang propesiya na walang pag-ibig, gaya ng karunungan at kaalaman na walang pag-ibig, ay hindi nakakalugod sa Diyos. Ang espiritwal na mga kaloob ay maaaring gamiting sa nararapat na mga paraan.

Para sa konsepto ng "propesiya" sa OT, tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 12:10 at NT propesiya sa I taga-Corinto 14:1.

▣ **"at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman"** Ginagamit ito ni Pablo sa 4:1 para sa ebanghelyon katotohanan at sa 15:51 para sa mga partikular na mga katotohanan patungkol sa mga mabubuhay na muling katawan. Sa kontekstong ito, ang pariralang ito ay tila tumutukoy sa kaalaman sa bawat anyo nito, na ang mga mananampalataya sa Corinto ginagantimpalataan at hinahanap. Kahit na ang lubos na kaalaman na walang pag-ibig ay hindi nakakalugod sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Hiwaga sa 2:1.

▣ **"buong pananampalataya"** Ito ay tumutukoy sa pananampalatayang gumagawa ng himala (cf. 12:9,28; Mateo 17:20; 21:21), ngunit pansinin sa Mateo 7:21-23 na ang kapangyarihang gumawa na himala na walang pag-ibig hindi makakalugod sa Diyos o kahit na pagkakilala sa Diyos.

Para sa konsepto ng "pananampalataya" sa OT, tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9 at NT sa I taga-Corinto 2:4.

**13:3**
**NASB** **"ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik"**

**NKJV** **"Aking iginawad ang aking lahat kasangkapan"**
**NRSV** **"ibinigay ko ang lahat ng mayroon ako"**
**TEV** **"Maaari kong ipagkaloob ang lahat ng aking taglay"**
**NJB** **"Kailangan kong ipagkaloob. . .lahat ng aking taglay"**

Ito ay nagpapahiwatig na pagkakaloob ng lahat na taglay ng sinuman, sa personal, bawat bahagi (cf. Juan 13:26,27,30). Ito maaaring maging isang pagkabanggit sa pagtalakay ni Hesus' pagtalakay sa mayamang batang pinuno (cf. Mateo 19:16-29; Marcos 10:17-30; Lucas 18:18-30).

▣
**NASB, NKJV** **"upang ipakain *sa mga dukha*"**
**NRSV** **—tinanggal na parirala—**
**TEV** **—tinanggal na parirala—**
**NJB** **"sa mahihirap"**

Ang pariralang ito ay wala sa Griyegong teksto, ngunit ipinapahiwatig sa pagkilos ng PANDIWANG ito.

▣
**NASB, NKJV,**
**TEV, NJB** **"ibigay ko ang aking katawan upang sunugin"**
**NRSV** **"aking katawan upang ako ay makapagmayabang"**

Mayroong dalawang pamimilian sa manuskrito: "nasunog" (i.e., *kauthēsomai*) at "kaluwalhatian" (i.e., *kauchēsōmai*) ay kapwa matatagpuan sa maagang Griyegong mga manuskrito at ang sinaunang ama ng iglesiya. Ang pariralang, "na ako ay masunog," ay may pinakamalakas na manuskritong pagkatig (i.e., MSS $P^{46}$, א, at B), ngunit ang $UBS^4$ ay hindi makapagpasya sa pagitan nila. Ito rin ay isang terminong na madalas gamitin ni Pablo (cf. II taga-Corinto 8:24; taga-Filipos 2:16; I taga-Thesalonica 2:19; II taga-Thesalonica 1:4). Ang kamatayan bilang isang martir sa pamamagitan ng pagsunog ay di-kilala sa sinaunang iglesiya, ngunit nanging mas karaniwan sa mga sumunod na mga pag-uusig (i.e., Nero at Domitian). Samakatuwid, ang isa ay maaaring tingnan kung paano ang isang mas nahuling eskriba ay maaaring baguhin ang "kaluwalhatian" sa "pagsunod."

Para sa isang buong pagtalakay ng pagkakaibang tekstwal, basahin si Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 563-564. Para sa salungat na opinyon, basahin ang *The Expositor's Bible Commentary*, p. 270 talababa.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:4-7

**4 Ang pag-ibig ay matiyaga, at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi naninibugho; ang pag-ibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. 5 Hindi pag-uugaling masagwa, hindi naghahangad para sa kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi nagbibilang ng kamalian; 6 Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis.**

**13:4-7** Ito ay maaaring isang imno o tula patungkol sa pag-ibig, na isinulat o sinipi ni Pablo. Ang lahat ng paglalarawang ito ng pag-ibig ay aktibo. Ang pag-ibig ay isang pagkilos, hindi lamang isang damdamin. Ang lahat ng ito ay naglalarawan sa ministeryo ni Hesus (ang lubos at ganap na kapahayagan ni YHWH) sa Kanyang pakikitungo sa mga di-ganap na tao. Ang pag-ibig ay isang persona!

**13:4 "matiyaga"** Ang ganitong PANDIWA (KASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ay may pakahulugan ng pagtitiis kasama ang mga tao (cf. Kawikaan 19:11; I taga-Thesalonica 5:14; Santiago 5:7,8; II Pedro 3:9) na kumikilos na walang katuwiran sa atin, na walang paghihiganti. Ito ay isa sa mga bunga ng Espiritu (cf. taga-Galacia 5:22). Ito ay isang katangian ng Diyos (cf. taga-Roma 2:4; 9:22; I Timoteo 1:16; I Pedro 3:20). Kailangang ipakilala (ang PANGNGALAN) nito ang bagong panahong mga mananampalataya, na pinanananahan ng Espiritu ng Diyos (cf. II taga-Corinto 6:6; taga-Colosas 1:11).

▣ **"magandang-loob"** Ito PANDIWA ay matatagpuan lamang dito at gayundin, ay isang terminong tumutuon sa mga tao. Ito ay nagpapahiwatig na "maging maamo sa lahat." Ginagamit din ni Pedro ang katulad na termino para kay Hesus sa I Pedro 2:3. Ito rin ay isa sa mga kaloob ng Espiritu sa taga-Galacia 5:22.

▣ **"hindi naninibugho"** Inilalarawan nito ang isang malakas na pagnanais, sa literal ay "pakuluin." Ang pag-ibig ay hindi nagnanais para sa sa kanyang sarili, ang pagkamkam ng o pamamahala sa mga tao.

▣ **"hindi nagmamapuri"** Ito ay di-karaniwang termino na tumutukoy sa isang taong nagbibigay-puri sa sarili na nakikita ng iba bilang isang hambog o madaldal. Ito ay kadalasang maiuugnay sa pagkatalinuha o pangretorikong kayabagan o pagmamataas sa Griyegong panitikan.

▣ **"hindi mapagpalalo"** Ang terminong ito ay tumutukoy sa kanila na nagmamataas at nagpapasika sa kanilang mga sarili. Ito ay madalas gamitin sa I taga-Corinto (4:6,18,19; 5:2; 8:1) at dito. Ito tunay na nagpapakilala ng katangian ng iglesiyang ito. Tingnan ang tala sa 4:6.

**13:5 "pag-uugaling masagwa"** Ang termnong ito ay hindi madaling bigyan ng kahulugan. Ito ay ginamit sa 7:36 sa isang mas paayong kaunawaan. Dito, ang kanyang pakahulugan ay pasalungat. Ang termino ay ginamit sa Ehipsyong papyri na nagpapahiwatig ng isang sumpa o panunumpa na kaugnay sa isang marahas o di-naaayong pagkilos (cf. 12:3). Ito'y nangangahulugan na kagaspangan sa halip na mapagbiyaya.

▣ **"hindi naghahangad para sa kaniyang sarili"** Ito ay madalas na uliting katotohanan (cf. 8:9; 10:24,33; taga-Roma 14:16; taga-Filipos 2:3). Ito maaaring maging teolohikong kaugnay sa taga-Efeso 5:21, na nagpapasako sa bawat isa alang-alang sa paggalang kay Kristo.

▣ **"hindi nayayamot"** Ang terminong ito sa literal ay "magpatalas." Ito ay ginamit na patalinghaga ng "pukawin." Ito ay maaaring paayon gaya sa Mga Gawa 17:16 o pasalungat, gaya dito. Ang saling Phillips "ay hindi maramdamin," ay ginamit sa diwa na "hindi madaling mayamot o magalit." Ang PANGNGALANG ito ay ginamit nina Pablo at Bernabe sa kanilang pag-aaway para ka Juan Marcos (cf. Mga Gawa 15:39).

▣
**NASB "hindi nagbibilang ng kamalian"**
**NKJV "hindi nag-iisip ng masama"**
**NRSV "hindi magagalitin"**
**TEV "hindi nagtatago ng mga tala ng kamalian"**
**NJB "hindi nagtatago ng mga sama ng loob"**

Ito ay isang pangtustos (accounting) na termino para sa ledger ng hindi nababayarang utang (cf. II taga-Corinto 3:5; 12:6). Ito tumutukoy sa sinuman na nagkikimkim ng isang mapaghiganting espiritu. Ang isang halimbawa ay maaaring sa Mga Gawa 15:36-41 at II Timoteo 4:11 laban kay Juan Marcos.

Ito ay maaari na ito ay isang pagkabanggit sa salin ng Septuagint sa Zacarias 8:17 "at huwag hayaan ang sinuman sa inyo na mag-isip ng masama sa kanyang puso laban sa kanyang kapwa." Gayunman, dahil ang nakapalibot na mga parirala ay hindi pagkabanggit sa OT, pinapahina ang posibilidad na ito nga.

**13:6** Ito ay kapwa isang pasalungat at paayong kapahayagan ng katotohanan. Sa kontekstong ito, ito maaaring tumukoy sa tsismis sa loob ng Kristiyanong komunidad. Ito ay di-karaniwan na ang terminong "walang katuwiran" ay pinagsasalungat sa "katotohanan." Maaaring "ang walang katuwiran" ay ang kasalungat ng "matuwid na pamumuhay" at "katotohanan" ay tumutukoy sa ebanghelyong mensahe.

▣ **"sa katotohanan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 13:8.

**13:7 "lahat ng bagay ay binabata"** Ang terminong "lahat ng bagay" (i.e., *panta*) ay NAKAHARAP nang apat na beses sa talatang ito pagbibigay-diin. Ang pag-ibig ay napapabilang. "Ang lahat ng bagay" ay ginamit sa kaunawaan ng "sa lahat ng panahon" (i.e., lahat ng apat na *pandiwa* ay KASALUKUYANG PANAHUNAN) at "sa lahat ng pagkakataon."

Ang terminong "binabata" ay mula sa Griyegong salita para sa "bubong" (cf. Mateo 8:8). Ito ay pangtalinghaga para sa (1) pagtatakip (cf. I Pedro 4:8, ibang termino, ngunit katulad na konsepto) o (2) pagtatayo (cf. 12:9; I taga-Thesalonica 3:1,5). Ang saling Moffat ay may "mabagal na pagpapakita."

▣ **"Lahat ay binabata"** Sa kontekstong ito, ito ay nagpapahiwatig na "nakikita ang pinakamagaling sa iba" o "nagbibigay sa isang kapwa Kristiyano pakinabang sa pangamba." Palagi nitong iniingatan ang pananampalataya (cf. taga-Galacia 5:22).

▣ **"lahat ay inaasahan"** Sa kontekstong ito, ang pag-ibig ay pinagpapatuloy ang pag-asa sa maaaring paglago ng isang kasamang mananampalataya sa pananampalataya. Hindi ito nawawalan ng pag-asa.

▣ **"lahat ay tinitiis"** Ito ay isang malakas na termino para sa pagtitiis sa panunukso at pagsubok (cf. Mateo 10:22; 24:13; Hebreo 10:32; Santiago 1:12). Dito, ito ay nagpapahayag ng kusa, matatag na pagtitiis. Ang pariralang ito ay nagbibigay-diin sa walang personal paghihiganti o pagtanggi, ngunit matatag na pagtitiis, lalo na sa mga tao.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:8-13

**[8]Ang pag-ibig ay hindi nagkukulang kailan man: ngunit kung *mayroong mga kaloob ng* propesiya, sila ay mangatatapos; kung *mayroong* mga wika, sila ay titigil: kung *mayroong* kaalaman, ito ay mawawala. [9]Sapagka't nangakakakilala tayo ng bahagya, at nanganghuhula tayo ng bahagya; [10]Datapuwa't kung dumating ang sakdal, ang bahagya ay matatapos. [11]Nang ako'y bata pa, ay nagsasalita akong gaya ng bata, nagdaramdam akong gaya ng bata, nagiisip akong gaya ng bata: ngayong maganap ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata. [12]Sapagka't ngayo'y malabo tayong nakakikita sa isang salamin; nguni't pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo'y nakikilala ko ng bahagya, nguni't pagkatapos ay makikilala ko ng lubos ng gaya naman ng pagkakilalang lubusan sa akin. [13]Datapuwa't ngayo'y nanatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pagasa, at ang pag-ibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.**

**13:8** Maraming mga salin ay nagsimula sa isang bagong talata sa v. 8. Ang pagtalakay ni Pablo patungkol sa Kristiyanong pag-ibig ay bahagyang nagbabago at lumalago sa isang bagong direksyon (i.e., mga katangian at mga gawain ng panahong ito laban sa ang kalubusan ng bagong panahon, na pinasinayaan na).

▣ **"Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man"** Ang terminong ito ay dalawang magkaugnay na pangtalinghaga paggamit: (1) ito ay ginamit ng isang aktor na sinisitsitan sa entablado o ito ay ginamit ng isang bulaklak na nalalaglag ang kanyang mga talulot dahil sa mabagsik na kalagayan ng panahon (cf. Santiago 1:11; I Pedro 1:24). Ang pag-ibig ng Diyos ay <u>hindi</u> susuko!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kung *mayroon*. . .kung *mayroon*. . .kung *mayroon*"** |
| **NKJV** | **"kahit na. . .kahit na. . .kahit"** |
| **NRSV** | **"yamang. . .yamang. . .yamang"** |
| **TEV** | **"mayroon. . .mayroon. . .mayroon"** |
| **NJB** | **"kung mayroon. . .kung. . .kung** |

Ang panggramatikong anyo ng *eite* (tatlong UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI) na nagpapahiwatig na mayroong espiritwal na mga kaloob.

▣ **"propesiya. . .ay mangatatapos. . .mga wika. . .ay titigil. . .kaalaman. . .ay mawawala"** Pansinin ang kaagapay na balangkas. Mayroong mga espiritwal na kaloob na pinapalaki ng Corintong Iglesiya (cf. vv. 1-3). Ang talatang ito ay kadalasang ginamit sa pagpapababa ng mga wika dahil sa isang naiibang PANDIWA at TINIG na ginamit. Gayunman, ang konteksto ay pagpapatunay na ang lahat espiritwal na mga kaloob hihinto, ngunit pag-ibig ay hindi kailanman hihinto. Walang pagbibigay-diin sa kontekstong ito sa sangkap ng panahon ng isang kaloob laban sa iba pa. Ang espiritwal na kaloob ay isang bahagi ng panahon, hindi ng walang-hanggan. Ang pag-ibig ay walang-hanggan!

Ang terminong ito para sa "mawawala" ay nasa vv. 8,10, at 11. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Katargeō* at 1:28.

**13:9** Ito ay nagsimula sa isang kalipunan ng mga talata na nagbibigay-diin sa pagkakiling at hindi kaganapan ng espiritwal na mga kaloob. Ang pagkakiling na ito ay dahil sa pantaong kahinaan, pagkapahamak, pagkakaroon ng hangganan, hindi isang kakulangan sa kaloob ng Diyos.

**13:10 "kung dumating ang sakdal"** Ang terminong ito (i.e., *teleios*) ay nangangahulugang "malago, kaganapan," o "lubusan pagtutustos para sa isang itinakdang tungkulin" (cf. 2:6; 13:10; 14:20). Ang tanong ay palaging, "Ano ang pinapatungkulan nito?":

1. Ang ilan ay nagpapahayag na ito tumutukoy sa NT. Wala sa kontekstong ito ang nagtuturo patungo dito. Ito ay isa lamang teoriya na ginamit upang angkinin na ang espiritwal na mga kaloob ay tumigil na mga panahon pagkalipas ng mga Apostol.
2. Ang ilan ay nagpahayag na ito tumutukoy sa espiritwal na paglago dahil sa v. 11 (i.e., bata, pagkatapos ay matanda) o ang wastong paggamit ng espiritwal na mga kaloob.
3. Ang ilan ay nagpahayag na ito tumutukoy sa Pangalawang Pagdating ni Kristo at ang pagkalubos ng Bagong Panahon ng katuwiran dahil sa v. 12 (i.e., "tingnan ang mukha-sa-mukha").
4. Para sa akin, ito ay tila isang pagsasama ng kapwa #2 at #3.

Ang iba't-ibang paggamit at pagpapakahuluga sa *teleios* ay maaaring makita sa gamit nito sa aklat ng Hebreo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KATAPUSAN O GANAP (*TELOS)*

Ang paghantong na ito ng mga espiritwal na bagay ay pabalik-balik na tema sa Hebreo.

1. *telos* – katapusan, kaganapan (3:6,14; 6:8,11)

2. *teleiōo* – maging ganap
   a. (Hesus) maging ang may-akda ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 2:10)
   b. (Hesus) ginawang maging ganap sa pamamagitan ng pagdurusa (cf. 5:8-9)
   c. ang Kautusan ay walang bagay na ginawa na ganap (cf. 7:19)
   d. ang Anak, ginawang ganap magpakailanman (cf. 7:28)
   e. gawin ang mga mananamba na ganap (cf. 9:9)
   f. gawing ganap yaong mga lumalapit (cf. 10:1)
   g. Ginawa Niyang ganap sa lahat ng panahon yaong mga pinagpaging banal (cf.10:14)
   h. Hiwalay sa atin hindi dapat sila maging ganap (cf. 11:40)
   i. Ang espiritu ng matuwid na tao ay ginawang ganap (cf. 12:23)
3. *teleios* – ang hinog (cf. 5:14)
4. *teleios* – higit na ganap na tabernakulo (cf. 9:11)
5. *teleiotēs* – magpatuloy sa pagiging hinog (cf. 6:1)
6. *teleiōsis* – kung ang pagiging ganap ay sa pamamagitan ng Levitikal na pagkasaserdote (cf. 7:11)
7. *teleiōtēs* – ang may-akda at tagaganap ng pananampalataya (cf. 12:2)

Si Hesus ay nagdadala ng pagkahinog at pagkompleto na ang Mosaik na Tipanan ay kailanman hindi magagawa!

**13:11 "iniwan ko na"** Ito ay ang Griyegong terminong *katargeō*, na lubhang palagiang ginagamit ni Pablo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28. Sa kontekstong ito, si Pablo ay nagpapahayag na

1. ang mga propesiya ay dadalhin sa isang katapusan, v. 8 (PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG)
2. ang kaalaman ay dadalhin sa isang katapusan, v. 8 (PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG)
3. bawat kaloob ay dadalhin sa isang katapusan, v. 10 (PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG)
4. espiritwal na pagkasanggol ay dadalhin sa isang katapusan, v. 11 (PANGHINAHARAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)

**13:12 "salamin"** Ang Corinto ay kilala para sa kanyang mga pinakinis na bakal na salamin. Sila ang pinakamabuting mayroon sa panahong iyon, ngunit sila ay naglalarawan ng isang pinapangit na larawan. Ang mga tao, kahit na ang tinubos na tao, ay nahahadlangan ng (1) kasalanang likas; (2) pagkamay-hangganan; (3) limitadong pananaw; (4) budhing apektado ng kultura at pananaw sa mundo; (5) panahon bilang magkakasunod na ayos; at (6) pantaong wika upang ipaliwanag at ilarawan ang isang espiritwal na nasasakupan.

Pansinin ang pagkakaagapay

1. v. 9, malaman ang bahagi, magpropesiya ng bahagi laban sa kapag dumating na ang ganap
2. v. 11, isang bata laban sa isang matanda
3. v. 12, isang salaming Corinto laban sa mukha-sa-mukha at malaman ang bahagi laban sa lubusang pagkaalam

Ang mga ito ay tila naglalarawan ng isang pangkasalukuyang katotohanan laban sa isang panghinaharap na katotohanan, samakatuwid, ang Pangalawang Pagdating, na naglulubos ng Bagong Panahon, ay ang pagtuon.

▣ **"malabo"** Ito sa literal ay "isang palaisipan" (cf. NJB). Ang mga rabbi ay naniniwala na ang Diyos ay nagsalita kay Moises sa mga palaisipan (cf. Bilang 12:6,8).

▣ **"sa mukhaan"** Ito ay isang talinghaga para sa napakalapit na pakikipag-ugnayan (i.e., maitutulad sa Bilang 12:8). Sa OT, ang makita si YHWH ay nangangahulugan ng kamatayan (cf. Genesis 32:30; Exodo 33:20; Juan 1:18). Sa bagong panahon, ito ay magiging karaniwan (cf. Mateo 5:8; II taga-Corinto 5:7; I Juan 3:2; Pahayag 22:4).

▣ **"nakikilala ko ng bahagya. . . makikilala ko ng lubos. . . pagkakilalang lubusan"** Ito ay maliwanag na isang paglalaro sa kahulugan ng Hebreo at Griyegong mga termino na "makilala." Sa OT ito ay tumutukoy, hindi sa pangkaalamang katotohanan (i.e., Griyegong konsepto), ngunit personal na pakikipag-ugnayan (cf. Genesis 4:1 at Jeremias 1:5).

Sa talatang ito, mayroon ding isang paglalaro sa Griyegong salita para sa "malaman" (i.e., *ginōskō*). Ang unang paggamit ay ang saligang termino. Ang pangalawa at pangatlo ay ang tambalang termino (i.e., *epiginōskō*), na nagpapahiwatig ng pangkaranasan, lubusang kaalaman. Ang mga mananampalataya ay malalaman ang Diyos sa bagong panahon gaya ng pagkakilala Niya sa atin (cf. 8:3; taga-Galacia 4:9). Ang "bagong kasunduan" ay nagpapakilala ng bawat tao ng Diyos na nakikilala Siya (cf. Jeremias 31:31-34). Wala nang pangangailanga para sa mga mangangaral/ mga guro!

Ang teolohikong konsepto ng "pagkaalam/pagkakilala" ay maiuugnay sa konsepto ng eleksyon o pagpili. Ang hiwaga na kung paano maiuugnay ang eleksyon (i.e., pagpili ng Diyos) sa pangkasunduan pagtugon (i.e., pagpili ng tao) ay di-tiyak. Sa pagsunod ng lohika ng mga OT talata: Mga Awit 1:6; Jeremias 1:5; Amos 3:2 at ng mga NT talata: taga-Roma 8:29; 11:2; I taga-Corinto 8:3; 13:13; taga-Galacia 4:9, mga mananampalataya ay kilala na ng Diyos bago pa ang panahon, sa panahon, at lampas sa panahon. Ang mga mananampalataya, gayunman, ay nakilala ang Diyos sa mga yugto na katulad ng pagpapawalang-sala, pagpapaging-banal, pagbibigay-kaluwalhatian. Nakilala natin Siya sa panahon sa pamamagitan ng OT, si Hesus, at ang ebanghelyo; sa paglipag ng panahon sa ating paglago sa paggiging-wangis ni Kristo sa pamamagitan ng

Espiritu; at sa paglagpas ng panahon, makikilala natin Siya ng mukha-sa-mukha, pakikipag-ugnayang napakalapit na may lubos na kaalaman ng Bagong Panahon ng katuwiran.

**13:13 "pag-asa"** Ang Griyegong terminong ay walang kalabuan at di-katiyakan sa Ingles na termino. Ito ay isang mapagkakatiwalaan katiyaka ng mga pangako ng Diyos na maisasakatuparan sa Kanyang panahon.

## NATATANGING PAKSA: PAG-ASA

Si Pablo ay madalas gumamit ng salitang ito sa marami magkakaibang ngunit magkakaugnay na diwa. Kadalasan ito ay inuugnay sa kaganapan ng pananampalataya ng mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maipapahayag bilang kaluwalhatian, walang hanggang buhay, hantungang kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kaganapan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang inuugnay sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I taga-Corinto 13:13; I taga-Thesalonica 1:3; II taga-Thesalonica 2:16). Isang di-buong tala ng ilang mga paggamit ni Pablo ay:

1. Ang Pangalawang Pagbabalik (pagdating), taga-Galacia 5:5; taga-Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, taga-Colosas 1:22-23; I taga-Thesalonica 2:19
4. Ang pag-asa ay natataan sa langit, taga-Colosas 1:5
5. Pagtitiwala sa ebanghelyo, taga-Colosas 1:23; I taga-Thesalonica 2:19
6. Hantungang kaligtasan, taga-Colosas 1:5; I taga-Thesalonica 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II taga-Corinto 3:12; taga-Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil kay Kristo, taga-Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I taga-Thesalonica 5:8
10. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
11. Mga bunga ng Kristiyanong paglago, taga-Roma 5:2-5
12. Katubusan sa lahat ng linikha, taga-Roma 8:20-22
13. Kapuspusan ng pagkukupkop, taga-Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, taga-Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo sa mga mananampalataya, II taga-Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga mananampalataya sa NT, taga-Roma 15:4

▣ **"Datapuwa't ngayo'y nanatili. . .ang pananampalataya, ang pagasa, at ang pag-ibig"** Ang PANDIWA ay PANG-ISAHAN (cf. taga-Galacia 5:22). Kadalasang ginagamit ni Pablo ang tatluhang ito (cf. taga-Roma 5:2-5; taga-Galacia 5:5-6; taga-Efeso 1:15-18; taga-Colosas 1:4-5; I taga-Thesalonica 1:3; 5:8; Hebreo) at gayundin ang iba pang panunulat ng NT (cf. Hebreo 6:10-12; I Pedro 1:21-22).

▣ **"ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig"** Ito ay pinakadakila dahil ang iba ay titigila sa pagkalubos ng bagong panahon. Ang pananampalataya sa ay magiging pagkakita at ang pag-asa ay magkakaroon ng katuparan, ngunit ang pag-ibig ay mananatili dahil ito ang saligang katangian ng Diyos (cf. Juan 3:16; I Juan 4:8,16).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ibigay ang pangunahing kaisipan ng kabanatang ito sa iyong salita, sa isang pangungusap.
2. Bakit nagsingit si Pablo ng isang kabanata sa pag-ibig sa gitna ng kanyang pagtalakay ng espiritwal na mga kaloob?
3. Bigyang-kahulugan ang *agapē* na pag-ibig sa iyong sariling salita.
4. Bakit ang vv. 8-13 naging isang lugar ng digmaan sa ibabaw ng espiritwal na mga kaloob sa ating panahon?

# I MGA TAGA-CORINTO 14

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Kaayusan sa Pangmadlang Panambahan (11:2-14:40) |
| | | | | Espirituwal na mga Kaloob: |
| | | Itinataas ang mga Wika | Espiritu | Kanilang Perspektibong Kahalagahan sa Komunidad |
| 14:1-5 | 14:1-5 | 14:1-5 | 14:1-4 | 14:1-5 |
| | Ang mga Wika ay Kailangang Maipaliwanag | | 14:5-6 | |
| 14:6-19 | 14:6-19 | 14:6-12 | | 14:6-12 |
| | | | 14:7-12 | |
| | | 14:13-19 | 14:13-17 | 14:13-19 |
| | Mga Wika, Isang Tanda sa mga Di-mananampalataya | | 14:18-19 | |
| 14:20-25 | 14:20-25 | 14:20-25 | 14:20-22 | 14:20-25 |
| | | | 14:23-25 | |
| Lahat ng Bagay Gagawin ng may Kaayusan | Kaayusan sa Pagpupulong sa Iglesiya | | Kaayusan sa Iglesiya | Pamamahala sa Espirituwal na mga Kaloob |
| 14:26-33a | 14:26-40 | 14:26-33a | 14:26-33a | 14:26-33a |
| 14:33b-36 | | 14:33b-36 | 14:33b-35 | 14:33b-35 |
| | | | 14:36-38 | 14:36-38 |
| 14:37-40 | | 14:37-40 | | 14:39-40 |
| | | | 14:39-40 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA 14:1-40

A. Ito ay nagpapatuloy na patnubay ni Pablo para sa nagkakatipong pagsamba na nagsimula sa kabanata 11. Ang iglesiya sa Corinto ay sumasamba sa di-naaangkop, walang pamantayang pamamaraan sa maraming mga bahagi.

B. Ang pangunahing saligan para sa pagsubok ng mga kagawian sa pagsamba ay, "Nakakapagpatibay ba ito ng iglesiya?" Ang nagkakatipong pagsamba ay may dalawang pagtuon:
1. ang mga pangangailangan ng napahamak na nandoon
2. ang mga pangangailangan ng mga mananampalataya na nandoon

Sinusundan nito ang Dakilang Komisyon ni Hesus (cf. Mateo 28:19-20). *Hard Sayings of the Bible* ay nagsasabing,

> "Ang umiiral na prinsipyo ni Pablo para sa nagtitipong pamumuhay at pagsamba ay palagian. Anuman ang humahadlang sa pagkilos ng ebanghelyo, ay nagdudulot ng pagkaligalig kaysa sa paglago, nakakatisod kaysa nagpapatibay o nagpapalakas, nagpapatibay sa sarili sa kapinsalaan ng iba—lahat ng ito ay salungat sa layunin ng Diyos. At sa ganang mga kababaihan sa Corinto at saan mang dako sa mga batang iglesiya na ginagamit ang kanilang mga kaloob na salungat sa layunin ng Diyos, ang pag-uutos na manahimik ay isang nararapat, makapangyarihang salita. Ang prinsipyo na naging saligan sa pag-uutos ay may awtoridad, kapwa sa mga lalaki at babae sa lahat ng mga iglesiya" (p. 616).

C. Ngayon, patungkol sa pinag-aawayang isyu ng pakikilahok ng kababaihan sa nagkakatipong pagsamba. Kung babasahin mo ang limang mga komentarista, ikaw ay makakakuhay ng limang iba't-ibang mga pananaw. Ang suliranin ay tila tayong lahat dumating sa kabanatang ito na may mga pansarili, pang-denominasyon, pangkaranasan, at pang-hermenyutiko adyenda! Wala sa atin ang walang kinikilingan. Ating tinatanganan Bibliya nang may kalaliman, ngunit sa Bibliya, kahit na si Pablo ay nagsasalita sa dalawang mga tinig (cf. 11:5 laban sa 14:34).

Ang ilang mga komentarista tinatangkang tanggalin ang vv. 34-35 bilang karagdagan ng mga tagasipi (MSS D, F, G ay inilalagay ang mga talatang ito pagkatapos ng v. 40) o ibaba nila si Pablo sa pagsisipi ng isang islogan ng mga bulaang guro. Sa alinmang paraan, ang mga pamamaraang ito ay ginagawa ang kabanatang magsabi ng eksaktong kasalungat sa kung ano ang tila ipinapahayag.

D. Ang mga salita ni Pablo sa vv. 34-35 ay umaakma sa Hudyong kaugalian at Greko-Romanong kultura. Gayunman, sa maraming makabuluhang paraan, ang ministeryo ni Pablo ay laban sa Hudyong kaugalian at Greko-Romanong kultura.

E. Ang unang siglong mundo ng Mediteraneo ay isang lipunan ay batay sa pagkaalipin at pangingibabaw ng mga lalaki. Para kay Hesus o Pablo ang sukdulang pagbabago sa alinman sa mga panlipunang mga institusyon, ay pasalungat na makakaapekto sa paglago, kahit na sa pagpapanatili, ng iglesiya. Kapwa sina Hesus at Pablo ay naninindigan sa dangal at kahalagahan ng lahat ng mga tao. Ang ebanghelyo sa darating na panahon ay wawasakin ang kapwa aspeto ng pag-abuso. Maingat sa masasabi ito, na sila ay nagsalita sa kanilang panahon ng may kinasihang kapangyarihan at ang kanilang mga salita ay nagtuturo sa isang panghinaharap na araw ng dangal at pagkakapantay-pantay.

F. Ang mga kababaihan o mga namumuno sa mga alipin ng ang sinaunang iglesiya ay maaaring salungat na maaapektuhan ng pag-e-ebanghelyo. Ang katulad na ito ay totoo hangang ngayon, ngunit mula sa ang pasalungat na tunguhin. Sa ating lipunan, ang mga magaling magsalita na kababaihan na may kaloob para sa ministeryo ay sasapit sa isang aspeto sa ating lipunan na mas mabisa kaysa sa iba. Ito ay hindi para naisin ang isang nakakaraming pambabaeng ministeryo, ngunit ang pagkaunawa na ang lahat ng mga mananampalataya ay tinawag, may kaloob, na mga ministro ng ebanghelyo; lahat ng mga mananampalataya! Hindi ko itinataguyod ang mga babae para sa anumang tiyak na pangministeryong gawain, ngunit ipinipilit na ipahayag ang ministeryo ng lahat ng mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 4:12).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:1-5

**[1]Sundin ninyo ang pag-ibig; gayon ma'y maningas ninyong pakanasain ang espirituwal na *mga kaloob*, ngunit lalo na ang kayo'y makapagbigay-propesiya. [2]Sapagkat ang nagsasalita sa isang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Diyos; sapagkat walang nakauunawa sa kaniya; kundi sa *kanyang* espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga. [3]Datapuwat ang nagbibigay-propesiya ay nagsasalita sa mga tao sa ikatitibay, at sa ikapangangaral, at sa ikaaaliw. [4]Ang nagsasalita ng wika, ay nagpapatibay sa sarili; ngunit ang nagbibigay-propesiya ay nagpapatibay sa iglesiya. [5]Ibig ko sanang kayong lahat ay mangagsalita ng mga wika, datapuwat lalo *na* ang kayo'y magsipanghula: at lalong dakila ang nagbibigay-propesiya kaysa nagsasalita ng mga wika, maliban na kung siya'y magpapaliwanag upang ang iglesiya ay**

**mapagtibay.**

**14:1 "Sundin ang pag-ibig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (cf. taga-Roma 14:19; I taga-Thesalonica 5:15; I Timoteo 6:11; II Timoteo 2:22). Ipinapakita nito ang kontekstuwal na kaugnayan sa kabanata 13. Ang pag-ibig ay ang katangian ng Diyos at Kanyang bayan (cf. taga-Galacia 5:22; I Juan 4:7-21). Tandaan, ang mga kabanata 11-14 ay isang pampanitikang yunit sa mga suliraning nauugnay sa nagkakatipong pagsamba sa Corinto.

▣
**NASB** **"maningas na pakanasain ang espirituwal na *mga kaloob*"**
**NKJV** **"naisin ang espirituwal na mga kaloob"**
**NRSV** **"magpunyagi sa espirituwal na mga kaloob"**
**TEV** **"itakda ang mga puso sa espirituwal na mga kaloob"**
**NJB** **"maging masigasig, gayundin, sa espirituwal na mga kaloob"**

Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS mula sa ang salitang ugat na "pakuluan" (cf. 12:31). Ipinapakita nito ang kontekstuwal na kaugnayan sa kabanata 12. Sa isang kaunawaan, ang kabanata 13 ay nahahati sa konteksto. Tandaang ang mga kabanatang 12-14 ay isang nagkakaisang tala sa nararapat na paggamit ng espirituwal na mga kaloob.

Ang terminong "espirituwal" ay siya ring ginamit sa 12:1 (cf. 2:13,15; 3:1; 9:11; 10:3,4; 14:37; 15:44,46). Ito ay maaaring iugnay sa mga kaloob, ang bayan, mga bagay, atbp. Ang konteksto ay nagpapasiya ng kahulugan.

▣ **"ngunit lalo na ang kayo'y makapagbigay-propesiya"** Ang terminong "propesiya" ay ginamit sa I taga-Corinto sa isang natatanging kaunawaan. Ito ay hindi tumutukoy sa ang propetikong gawain ng mga propeta sa OT (i.e., naisulat na Banal na Kasulatan), ngunit sa isang maliwanag na pagbibigay-alam ng ebanghelyo maging sa pangmadlang pangangaral o pribadong pagsaksi. Ito ay dapat na ninanais ng lahat ng mga mananampalataya (cf. 14:39), ngunit ito rin ay isang espirituwal na kaloob (cf. 12:10,28-29). Ang lahat ng mga mananampalataya ay kalahok sa ilang antas sa lahat ng mga kaloob ng Espiritu, ngunit ang isa o iba pa ay pinapasigla at pinapalakas ng Espiritu sa kalooban ng mga indibidwal na mananampalataya para natatanging bisa. Ang pagkakaibang ito ay kinakailangan ang isang nagkakaisa at may pag-ibig na espiritu sa pagitan ng mga mananampalataya. Tayo ay tinawag sa pagkakaisa, hindi sa pagkakatulad, para sa ebanghelyo. Tayo ay mabisa lamang kung sama-sama! Kailangang-kailangan natin ang ibang mga mananampalataya. Ang iglesiya ay isang komunidad ng tinawag, pinagkalooban, na mga ministeryo sa lahat ng panahon. Tayo ay pinagkalooban para sa ikalalaganap ng ebanghelyo at ang kalusugan at kabuuan ng iglesiya.

Ang kaloob na ito ay maihahalintulad sa mga wika sa saligang "ito ba ay nakakapagpatibay sa iglesiya?" Sa kontekstong ito, ito ay nangangahulugang "pagpapahayag ng ebanghelyo," na ngayon ay isang pagpapala sa buong iglesiya gayundin sa mga panauhin. Ang pagsasalita sa mga wika ay magiging pagpapala lamang sa indibidwal na mananampalataya hanggang sa ito ay naipaliwanag sa buong iglesiya. Ang terminong ito ay hindi dapat unawain sa OT kaunawaan ng kinasihang kapahayagan (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang propesiya sa OT sa 12:10).

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN

I. Hindi ito tulad ng propesiya sa OT (BDB 611), na may rabinikong pakahulugan ng kinasihang kapahayagan mula kay YHWH (cf. Mga Gawa 3:18,21; taga-Roma 16:26). Ang mga propeta lamang ang maaaring magsulat ng Banal na Kasulatan.
   A. Si Moises ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).
   B. Ang mga pangkasaysayang aklat (Josue - Hari [maliban sa Ruth]) ay tinawang na "mga naunang propeta" (cf. Mga Gawa 3:24).
   C. Ang mga properta ay inilalagay sa tungkulin ng Punong Saserdote bilang pinanggagalingan ng kaalaman mula sa Diyos (cf. Isaias - Malakias)
   D. Ang pangalawang pangkat ng Hebreong kanon ay "ang mga Propeta" (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; taga-Roma 3:21).

II. Sa NT, ang konsepto ay ginamit sa maraming magkakaibang mga paraan.
   A. tumutukoy sa mga propeta sa OT at kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2)
   B. tumutukoy sa isang mensahe para sa isang indibidwal kaysa sa pangkabuuang pangkat (i.e., mga propeta sa OT na nagsalita sa simula sa Israel)
   C. tumutukoy sa kapwa kay Juan Bautista (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at Hesus bilang tagapagpahayag ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Inaangkin din ni Hesus na siya ay lalong dakila sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).
   D. Iba pang mga propeta sa NT
      1. naunang buhay ni Hesus na natala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga ala-ala ni Maria)
         a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
         b. Zacarias (cf. Lucas 1:67-79)

c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
d. Ana (cf. Lucas 2:36)
2. Mapanuyang hula (cf. Caiaphas, Juan 11:51)

E. tumutukoy sa isang taong nagpapahayag ng ebanghelyo (ang mga tala ng mga kaloob ng pagpapahayag sa I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)

F. tumutukoy sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. Mateo 23:34; Mga Gawa 13:1; 15:32; taga-Roma 12:6; I taga-Corinto 12:10,28-29; 13:2; taga-Efeso 4:11). Minsan, ito ay maaaring tumukoy sa mga kababaihan (cf. Lucas 2:36; Mga Gawa 2:17; 21:9; I taga-Corinto 11:4-5).

G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

III. NT mga propeta

A. Hindi sila nagbibigay ng kinasilang kapahayagan na katulad ng kaunawaan sa ginawa ng mga propeta sa OT (i.e., Banal na Kasulatan). Ang kapahayagang ito ay maaaring dahil sa paggamit ng pariralang "ang pananampalataya" (i.e., isang pagkaunawa sa isang ganap ng ebanghelyo) na ginamit sa Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; taga-Galacia 1:23; 3:23; 6:10; taga-Filipos 1:27; Judas 3,20.

Ang konseptong ay maliwanag na mula sa buong pariralang na ginamit sa Judas 3, "ang pananampalatayang minsan at para sa lahat na inilagak sa mga banal." Ang "minsan para sa lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan sa pananaw ng mundo ng Kristiyanismo. Ang minsan-ibinigay na pagbibigay-diin ay ang batayan para sa pagtatakda ng teolohikong inspirasyon sa mga sulat sa NT at hindi pagpapahintulot sa mga nahuli o iba pang mga sulat na maituring na kapahayagan. May mga maraming hindi malinaw, di-tiyak, at malabong bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang bawat bagay na "kinakailangan" para sa pananampalataya at pagsasagawa ay kasama na may sapat na kaliwanagan sa NT. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng tinatawag na "ang pangkapahayagang tatsulok"

1. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kasaysayang panahon-kalawakan (KAPAHAYAGAN)
2. Pinili Niya ang tiyak na mga taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at puso ng mga tao sa pagkakaunawa ng mga sulat na ito, hindi sa kahulugan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristiyanong buhay (ILUMINASYON O PAGBIBIGAY LIWANAG). Ang punto nito ay tinakda (o limitado) ang inspirasyon sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang sumunod pang mga makapangyarihang sulat, pangitain, o kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon na tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng naaayon sa Diyos. Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagkakaisa ng mga manunulat ng bibliya laban sa matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalit ang may antas ng maka-Diyos na pamumuno kaysa sa mga ginawa ng manunulat ng Banal na Kasulatan.

B. Sa isang mga paraan, ang mga propeta sa NT ay katulad ng mga propeta sa OT.

1. Paghula sa mga panghinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Gawa 27:22; Agabus, Mga Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Mga Gawa 20:23)
2. Ipahayag ang kahatulan (cf. Pablo, Mga Gawa 13:11; 28:25-28)
3. Mga pang-sagisag ng pagkilos na maliwanag na naglalarawan ng isang pangyayari (cf. Agabus, Gawa 21:11)

C. Minsan, sila ay nagpapahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang paghuhula (cf. Mga Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pinagtutuan. Ang pagbibigay hula sa I Corinto ay payak na pagpapahayag ng ebanghelyo (cf. 14:24,39).

D. Sila ang kaalinsabay na paraan ng Espiritu upang ihayag ang mga napapanahon at praktikal na gamit ng katotohanan ng Diyos sa bawat bagong kalagayan, kultura, o yugto ng panahon (cf. I Corinto 14:3).

E. Sila ay masigasig sa mga unang iglesiya ni Pablo (cf. I taga-Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:29; 14:1,3,4,5,6,22,24, 29,31, 32,37,39; taga-Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I taga-Tesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (naisulat noong huling bahagi ng unang siglo o ng pangalawang siglo, di-tiyak ang petsa) at sa Montanismo ng pangalawa at pangatlong siglo sa hilagang Aprika.

IV. Tumigil na ba ang mga kaloob sa NT?

A. Ang tanong na ito ay mahirap sagutin. Makakatulong na maliwanagan ang isyu sa pagbibigay kahulugan sa layunin ng mga kaloob. Sila ba ay ginagamit upang patunayan ang panimulang pangangaral ng ebanghelyo o sila ba ay nagpapatuloy na paraan para sa iglesiya upang paglingkuran ang sarili at ang nalugmok na mundo?

B. Tumitingin ba ang tao sa kasaysayan ng iglesiya upang sumagot sa tanong o ang NT mismo? Walang pahiwatig sa NT na ang mga espiritwal na kaloob ay pansamantala lamang. Silang nagtatangkang gamitin ang I taga-Corinto 13:8-13 upang talakayin ang isyung ito ay inaabuso ang layunin ng may-akda sa mga talata, na nagbibigay-diin na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay lilipas.

C. Ako ay natutukso na sabihin na yamang ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesiya, ay ang awtoridad (o may

kapangyarihan), ang mga mananampalataya ay kailangang manindigan na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayunman, ako ay naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa pagbibigay ng kahulugan (interpretasyon). Ang ilan ay napaka-liwanag na mga teksto ay hindi na akma ngayon (i.e., ang banal na halik, mga kababaihang nagsusuot ng belo, mga iglesiyang nagpupulong sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay nakakaapekto sa mga teksto, gayundin, bakit hindi sa kasaysayan ng iglesiya?

D. Ito ay isang tiyak na tanong na hindi masasagot ng tahasan. Ang ilang mga mananampalataya ay magtataguyod ng "paghinto" at ang iba ay "di-paghinto." Sa bahaging ito, tulad ng maraming isyung pangkahulugan, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay hindi malinaw at kultural. Ang kahirapan na mapagpapasyahan ang mga teksto ay apektado ng kultura/kasaysayan at kung saan ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng mga kultura (cf. Fee at Stuart's *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Dito ay kung saan ang pagtalakay ng kalayaan at pananagutan, na makikita sa taga-Roma 14:1-15:13 at I taga-Corinto 8-10, ay napakahalaga. Kung paano nating masasagot ang tanong ay mahalag sa dalawang paraaan.

1. Ang bawat mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya sa liwanag na kanilang taglay. Tinitingnan ng Diyos ang ating puso at mga motibo.
2. Ang bawat mananampalataya ay kailangang hayaan ang iba pang mga mananampalataya na lumakad sa kanilang pagkaunawa sa pananampalataya. Kailangang magkaroon ng pagpaparaya sa loob ng mga bibilikal na hangganan. Nais ng Diyos na tayo ay mag-ibigan sa bawat-isa tulad ng Kanyang ginawa.

E. Sa paglalagaom ng isyu, ang Kristiyanismo ay isang buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi isang perpektong teolohiya. Ang isang pakikipag-ugnayan sa Kanya na tumitimo sa ating pakikipag-ugnayan sa iba ay mas mahalaga kaysa pangkahulugang paksa o lubusang pagganap ng kautusan (kredo).

**14:2**
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV, NJB "sa isang wika"**
**KJV "sa *isang di-kilalang* wika"**
**TEV "sa di-karaniwang mga wika"**

Ito ay ang Griyegong salitang *glōssa*, na ginamit na patalinghaga upang tumutukoy sa isang tanging pantaong wika o wikain. Ang karanasan ng "mga wika" sa Pentecostes ay maliwanag na tumutukoy sa isang kilalang pantaong wika (cf. Mga Gawa 2:6-10). Ang himala ay tila sa mga tainga (i.e., "sila ay bawat-isang narinig ang kanilang kanyan-kaniyang wika"). Ang katulad na di-pangkaraniwang bagay ay nangyari nang maraming beses sa Mga Gawa para sa ang layunin ng pagtiyak sa Hudyong mga mananampalataya na tinanggap ng Diyos ang ibang pangkat sa bayan (i.e., mga Samaritano, Romanong panghukbong bayan, mga Hentil).

Gayunman, I taga-Corintong "mga wika" ay tila may kahanay sa mga kaliga-ligayang mga bulalas ng Griyegong mga marunong, tulad ng Delphi, kung saan isang babae ay nagtungo sa isang kawalang malay-tao at ang ibang tao ay naipaliwanag kung ano ang kanyang sinabi. Ang Corinto ay isang kosmopolitong lungsod. Ang mga tao mula sa lahat ng kilalang mundo (bansa) ay nasa Corinto, gayunman ang teksto ay itinatalaga ang "pagpapaliwanag ng mga wika" bilang isang espirituwal na kaloob (cf. I taga-Corinto 12:10,30; 14:26), hindi lamang ang isang tao na nangyaring nagsasalita ng isang banyagang wika.

▣ **"hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Diyos"** ang mga wika taga-Corinto ay isang pribadong pagkikipag-usap sa pagitan ng Diyos at isang mananampalataya (cf. v. 24). Ang mga wika ay sa kanilang sarili ay hindi isang paraan ng pakikipag-usap, ngunit napakalapit na pakikipag-uganayan sa Diyos. Tanging kung kanilang naipaliwanag ang mga nagsasalita at ang mga tatapakinig ay nakakaunawa.

▣ **"sapagkat walang nakauunawa"** Ang mga wika sa Corinto ay tila hindi kilalang, binibigkas na mga tunog. Sa Delphi isang natatanging tao (kadalasang isang babae) ay magbubulalas ng di-mabigkas ng mga tunog, pagkatapos, ang isa pa ay ipapaliwanag ang mga ito para sa mga nandoon. Ang pamamaraang ito ay tila kaagapay na karanasan ng "mga wika" sa Corinto. Walang "taga-pagpaliwanag" sa Mga Gawa!

**14:3 "sa ikakatibay"** Ito ay ang ikatlong pagsubok na ginamit upang suriin ang espirituwal na mga kaloob (tingnan ang mga kaunawaang kontekstuwal sa kabanata 12, C). Sila ba ay nakakapagpatibay, o nakakapagpatatag ng iglesiya? Ang paksang ito ay pinaulit-ulit muli sa kabanata ito, vv. 3,4,5,12,17,26. Ito ay kung bakit ang "propesiya," na nauunawaan bilang pagbabahagi ng ebanghelyo, ay kailangang naisin nang higit sa "mga wika." Ang propesiya naghahayag ng ebanghelyo sa lahat ng nandirito, habang ang mga wika nagpapala lamang ng tagapagsalita maliban na sa ay naipaliwanag. Kung naipaliwanag, mga wika at kanilang pagpapaliwanag ay magsisilbi ng katulad na layunin ng paghahayag ng ebanghelyo (i.e., pagbibigay-propesiya). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatibay sa I taga-Corinto 8:1.

▣ **"at sa ikapangangaral, at sa ikaaaliw"** Ang layunin ng pagpapahayag ng ebanghelyo ay hindi para sa pag-e-

ebanghelyo lamang, ngunit gayundin, para sa ikakasigla ng iglesiya (i.e., pagpapatibay, pagtatagubilin, at kaaliwan).

**14:4 "Ang nagsasalita ng wika, ay nagpapatibay sa sarili"** Ang mga wika sa Corinto na walang pagpapaliwanag ay indibidwal na pagtuong mga kaloob.

▣ **"ang iglesiya"** Ito ay ang terminong *ekklesia* na walang PANTUKOY na tumutukoy sa buong katawan ng mga mananampalataya. Ang nais ni Pablo ay ang lahat ng mga mananampalataya, hindi lamang ang ilang pinili, ay pagpalain sa nagkakatipong pagsamba. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2.

**14:5 "Ibig ko sanang kayong lahat ay mangagsalita ng mga wika"** Ihambing ang 12:30 at tandaan na ang pariralang ito ay isang DI-NAKAKAPAG-ISANG SUGNAY sa kung ano ang sumusunod. Hindi hinahamat ni Pablo ang mga wika, ngunit (1) ipinapahayag ang kanilang wastong ugnayan ibang espirituwal na mga kaloob at (2) nagtatakda ng ilang mga praktikal na patnubay. Ang mga taga-Corinto ay tila hinahanap ang kaloob na ito para sa makasarili, pansariling kaluwalhatian at katanyagan.

▣ **"lalong dakila ang nagbibigay-propesiya kaysa nagsasalita ng mga wika"** Ito ay isang pagsusuri batay sa pamantayn ni Pablo na ang mga wika ay mas mababang halaga sa pagpapatibay ng nagkakatipong iglesiya. Ngunit tandaang ang pagsasalita ng mga wika ay isang tunay na kaloob ng Espiritu (cf. vv. 18,39)!

▣ **"maliban na kung siya'y magpapaliwanag"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapakilala ng *ei* sa halip na *ean*. Maaari ba para sa isang tao na magtaglay ng kapwa ang kaloob ng mga wika at pagpapaliwanag? Ito ay maliwanag na mula sa ibang mga teksto na ang mga Kristiyanong pinuno ay mayroong higit sa isang espirituwal na kaloob (cf. Mga Gawa 13:1; II Timoteo 1:11). Gayunman, kung ito ay maaari pa sa isang tao na magsalita ng mga wika at pagkatapos ay magpaliwanag, bakit kailangan pa ang isang taga-pagpaliwanag? Paanong ang pagsasamang ito ay naiiba mula sa propesiya? Marahil, maaarin na ang isang mananampalataya may taglay na kapwa mga kaloob na ginamit sa iba't-ibang pagkakataon, ngunit ito ay hindi karaniwan (cf. v. 13). Mas maaari na si Pablo ay gumagamit ng isang pampanitikang pamamaraan upang bigyang-diin ang pangangailangan para sa nauunawaang pakikipag-usap sa nagkakatipong pagsamba.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:6-12

**[6] Ngayon nga, mga kapatid, kung ako'y pumariyan sa inyo na nagsasalita ng mga wika, anong inyong pakikinabangin sa akin, maliban na kung kayo'y pagsalitaan ko sa pamamagitan ng kapahayagan, o ng kaalaman, o ng pagbibigay-propesiya, o ng aral? [7] Kahit *na* ang mga bagay na walang buhay, na nagsisitunog, maging plauta, o alpa, kundi bigyan ng pagkakaiba ang mga tunog, paanong malalaman kung ano ang tinutugtog sa plauta o sa alpa? [8] Sapagkat kung ang trumpeta ay tumunog na walang katiyakan, sino ang hahanda sa pakikibaka? [9] Gayon din naman kayo, kung hindi ipinangungusap ninyo ng dila ang mga salitang madaling maunawaan, paanong matatalos ang inyong sinasalita? sapagkat sa hangin kayo magsisipagsalita. [10] Halimbawa, mayroon ngang iba't ibang mga tinig sa sanglibutan, at walang *uring* walang kahulugan. [11] Kung hindi ko nga nalalaman ang kahulugan ng tinig, magiging barbaro ako sa nagsasalita, at ang nagsasalita ay magiging barbaro sa akin. [12] Gayon din naman kayo, na yamang kayo'y mapagsikap sa espirituwal na *mga kaloob* ay pagsikapan ninyong kayo'y magsisagana sa ikatitibay ng iglesiya.**

**14:6 "kung"** Mayroong apat na PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI sa talataan, vv. 6-12, na nagpapahiwatig ng maaaring pagkilos (cf. vv. 6,7,8,11). Kapwa vv. 6 at 7 ay mga tanong na inaasahan ang isang "hindi" na sagot (gaya ng sa v. 9).

▣ **"sa pamamagitan ng kapahayagan, o ng kaalaman, o ng pagbibigay-propesiya"** Ang mga terminong ito ay tila naglalarawan ng iba't-ibang mga kaloob, ngunit ang mga pagkakaiba ay di-tiyak. Marahil, yamang maraming pinagkalooban mga pinuno ang binanggit sa taga-Efeso 4:11 na bawat-isa ay naghahayag ng ebanghelyo, ngunit may iba't-ibang mga pagbibigay-diin, kaya gayundin, dito. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga katotohanan sa magkakaibang paraan, ngunit ang magkakatulad ang nilalaman. Maraming mga kaloob, isang ebanghelyo; maraming pinagkalooban mga mananampalataya, isang layunin (i.e., pagpapatibay ng iglesiya at ang paglago ng iglesiya, cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

**14:7-8** Gumagamit si Pablo ng mga instrumento sa musika upang gumawa ng kanyang punto, mga plauta at mga arpa sa v. 7 at isang panghukbong trumpeta sa v. 8. Ang mga instrumento sa musika ay ginamit para sa magkakaibang mga layunin (i.e., gumawa ng musika o maghudyat). Kung ang intrumento ay gumagawa ng malit tunog, ito ay nagdudulot ng pagkalito. Ang pantaong tinig ay ginagamit upang makapagbigay-alam ng impormasyon sa ibang mga tao. Kung ito ay gumagawa ng mga tunog na walang kabuluhan sa ibang mgatao, ito ay nabigo sa kanyang layunin (cf. v. 9).

**14:10** Ito ay isang di-karaniwang PANG-APAT NA URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang talatang ito ay hindi maaaring gamiting patunay na ang mga wika ay isang kilalang wika. Si Pablo ay gumagamit ng iba't-ibang termino (i.e., *phōnē hindi glōssa*) sa kapwa vv. 10 at 11. Ito ay isang paglalarawan ng kahirapan sa pagkaunawan ng isang di-wastong ipinahayag na wika o banyagang wika. Ang pantaong wika ay kailangang maunawaan.

**14:11**
**NASB, NJB "barbaro"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "dayuhan"**

Ito ay isang onomatopoetikong salita (i.e., *barbaros*) para sa di-kilalang mga tunog ng ibang mga wika sa mga Griyego at taga-Roma, lalo na sa mga tribong pangkat sa hilaga ng Emperyong Romano. Ang mga Griyego at taga-Roma ay sinasabing ang mga pangtribong wika ay tumutunog na tulad ng "bar, bar" sa kanila. Mula rito, ang terminong "barbaro."

**14:12 "yamang kayo'y mapagsikap sa espirituwal na mga kaloob"** Hindi pinulaan ni Pablo ang kanilang kasigasigan (cf. v. 1), ngunit sinubukang ituon ito sa pagpapatibay ng buong iglesiya (cf. 12:7).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NIV "espirituwal na *mga kaloob*"**
**RSV "mga katibayan ng Espiritu"**
**TEV "ang mga kaloob ng Espiritu"**
**NJB "espirituwal na mga kapangyarihan"**

Ito ay hindi katulad na Griyegong salitang gaya ng sa 12:1 (i.e., *pneumatikōn)*, ngunit ang DYENITIBONG PANGMARAMIHAN ng *pneuma* (tingnan ang Natatanging Paksa: Espiritu sa Bibliya at 12:1), na nangangahulugang "hininga," "hangin," "espiritu." Ang anyong ito ay matatagpuan din sa 12:10, kung saan ito ay tumutukoy sa isang tanging kaloob, mabatid ang mga espiritu, cf. I Juan 4:1). Sa konteksto, ito ay tila tumutukoy sa iba't-ibang espirituwal na mga kaloob na ipinagkaloob ng Espiritu (cf. 12:11) para sa karaniwan kabutihan ng katawan (cf. 12:7).

▣ **"pagsikapan ninyong kayo'y magsisagana sa ikatitibay ng iglesiya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS PANGMARAMIHAN. Ang layunin ng espirituwal na mga kaloob ay hindi ang parangal at kaluwalhatian ng isang indibidwal, ngunit ang kalusugan at paglago ng katawan ni Kristo, ang iglesiya.

Para sa "Sumasagana" tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 2:7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:13-19

**13 Kaya't ang nagsasalita ng wika ay manalangin na siya'y makapagpaliwanag. 14 Sapagkat kung ako'y nananalangin sa wika, ay nananalangin ang aking espiritu, datapuwat ang aking pag-iisip ay hindi namumunga. 15 Ano nga *ang kakalabasan* nito? Mananalangin ako sa espiritu, at mananalangin din naman ako sa pag-iisip: aawit ako sa espiritu, at aawit din naman ako sa pag-iisip. 16 Sa ibang paraan, kung ikaw ay nagpupuri sa espiritu *lamang*, ang nasa kalagayan ng di marunong, paanong siya'y makapagsasabi ng 'Amen', sa iyong pagpapasalamat, palibhasa'y hindi nalalaman ang inyong sinasabi? 17 Sapagkat ikaw sa katotohanan ay nagpapasalamat kang mabuti, datapuwat ang ibang tao ay hindi napapagtibay. 18 Nagpapasalamat ako sa Diyos, na ako'y nagsasalita ng mga wika na higit kaysa inyong lahat: 19 Nguni't sa iglesiya ibig ko pang magsalita ng limang salita ng aking pag-iisip, upang makapagturo ako naman sa iba, kaysa magsalita ng sangpung libong salita sa wika.**

**14:13** Sa konteksto, ito ay nagpapahiwatig na ang paghahayag ng ebanghelyo sa lahat ay kanais-nais sa pansariling kaligayahan (cf. v. 15). Ipinapahiwatig ba ng talatang ito na ang mga mananampalataya makakatanggap isang kaloob sa kaligtasan (cf. 12:11), ngunit pagkatapos ay humiling pa ng iba? Ang katanungang ito ay nananatiling walang kasagutan. Ito ay tiyak na ang ilan ay may maraming mga kaloob (cf. Mga Gawa 13:1; I Timoteo 2:7; II Timoteo 1:11).

**14:14 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING MAY PASUBALI, tulad ng vv. 6,7,8,11,23,24,28, at 29.

▣ **"nananalangin ang aking espiritu"** Ito ay tumutukoy sa pantaong espiritu. Ito ay isang pampanitikang talinghaga para sa pagkatao.

▣ **"ang aking pag-iisip ay hindi namumunga"** Nilalaro ni Pablo ang pag-ibig ng taga-Corinto para sa karunungan. Siya rin ay naninindigan na ang mga wika kung nag-iisa ay hindi makakapagbigay-alam, kahit na sa talagapagsalita.

**14:15**
**NASB "Ano nga *ang kakalabasan* nito"**

**NKJV** **"Ang ang *bunga* nito"**
**NRSV, TEV** **"Ano ngayon ang gagawin ko dito"**
**NJB** **"Ano ngayon"**

Ito ay isang wikain (cf. 14:26; Mga Gawa 21:22). Nais ni Pablo na maghanda ng isang konklusyon sa kanyang pagtalakay.

▣ **"aawit ako sa espiritu"** Ipinapahiwatig ba nito ang isa pang espirituwal na kaloob (cf. v. 26; taga-Colosas 3:16; taga-Efeso 5:19)?

**14:16 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, tulad ng vv. 6,7,8,11 at 14.

▣

**NASB** **"ang nasa kalagayan ng di marunong, paanong siya'y makapagsasabi ng 'Amen'"**
**NKJV** **"siya na tumatangan sa lugar ng walang kabatiran"**
**NRSV** **"paaanong ang sinuman ay nasa kalagayan ng isang tagalabas"**
**TEV** **"paanong ang karaniwang mga tao ay magiging bahagi sa pagpupulong"**
**NJB** **"ang taong hindi nagsimula"**

Ang terminong ito ay ginamit sa isang tao walang kabatiran o di-nasanay sa isang tiyak na larangan, samakatuwid, isang di-propesyonal o karaniwang tao (cf. Mga Gawa 4:13; II taga-Corinto 11:6). Ang paggamit dito at sa vv. 23-24 ay may dalawang maaaring mga kahulugan.

1. isang karaniwang panauhin sa isang Kristiyanong pagpupulong habang sa v. 23 maaaring isang unang beses na panauhin
2. maaaring isang bagong Kristiyano, ngunit isang walang kaloob sa wika o pagpapaliwanag

Ang pariralang "ang kalagayan ng" ay tumutukoy sa alinman sa (1) mga panauhin o maaaring bagong mga Kristiyano na may itinalagang mga upuan na kung saan sila ay makakarinig nang malinaw o (2) isang wikain para sa isang walang kabatiran.

▣ **"makapagsasabi ng 'Amen'"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

Ito ay tiyak na maaari na ang termnio sa itaas ay maaaring maiugnay sa isang walang kaloob na mananampalataya (tingnan ang F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 98). Kung ito ay totoo, ngayon si Pablo ay ninanais ang mga mananampalataya na "siyasatin" o "lapatan ng hatol" ang propetikong mga salita sinasambit sa nagkakatipong pagsamba (cf. 2:12,15; 14:29,37; I taga-Thesalonica 5:20-21; gayundin, tingnan ang I Juan 4:1). Walang makakapagsabing "amen" maliban na

1. kanilang nauunawaan ang ipinahayag
2. sila ay may paraan (i.e., ang Espiritu) na bigyan-sulit kung ano ang sinabi

## NATATANGING PAKSA: AMEN

I. LUMANG TIPAN
   A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
      2. "puno ng katotohanan" (*emun, emunah*, BDB 53)
      3. "pananampalataya" or "puno ng pananampalataya"
      4. "pagtitiwala" (*dmn*, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkakagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
   C. Mga natatanging paggamit
      1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
      2. katiyakan, Exodo 17:12
      3. maaasahan, Exodo 17:12
      4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
      5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
      6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
      7. maaasahan (Torah), Mga Awit 119:43,142,151,168
   D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
      1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
      2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)
   E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturgical* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).

F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. BAGONG TIPAN

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. taga-Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; 6:18; taga-Efeso3:21; taga-Filipos 4:20; II taga-Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

**14:16,17 "sa iyong pagpapasalamat"** Ang pariralang ito ay maaaring tumutukoy sa Hapunan ng Panginoon, na tinawag na *Eucharist* mula sa Griyegong terminong "magbigay pasasalamat." Ang talatang 17, gayunman, ay nagpapahiwatig na ito ay tumutukoy sa panalangin.

▣ **"ang ibang tao"** Tingnan ang tala sa 6:1.

**14:18 "Nagpapasalamat ako sa Diyos, na ako'y nagsasalita ng mga wika na higit kaysa inyong lahat"** Nalalaman ni Pablo ang kanyang pinapahayag. Ang talatang ito, kasama ng 39, ay gagawin ang makabagong mga Kristiyano na mag-isip ng dalawang beses bago pintasan ang konsepto ng mga wika sa ating panahon. Ginagawa din nitong na mag-isip nang dalawang beses ang nagbibigay-diin dito. Kinikilala ito ni Pablo, gayundin naman, ay pinapababa ito.

Ito ay nakakawili kung paaanong ang kabanatang ito ay naglilipat sa pagitan ng PANG-ISAHAN, vv. 2,4,9,13,14,19,26,17, at ng PANGMARAMIHAN, vv. 5,6,18, 22,23,39.

Ang pag-iigting sa iglesiyang ito ay (1) sa pagitan ng panlipunang mga uri at (2) sa pagitan ng indibidwal na pagkakaloob at pangkalahatang pagpapatibay. Sa iglesiya ang indibidwal na palaging naglilingkod sa pangkalahatan (cf. 12:7)!

Ito ay isa pang halimbawa ni Pablo na tinatangkang makilala, kahit na sa ilang sulat, ang mga lubhang masigasig na mananampalataya sa Corinto. Gaya ng kanyang paninindigan sa kaalaman, ngunit binigbigyang-daan ang pag-ibig, kaniya ngayon pinaninindigan ang wika, ngunit binibigyang-diin ang pagpapatibay.

**14:19 "ngunit sa iglesiya ibig ko pang magsalita ng limang salita ng aking pag-iisip. . . kaysa magsalita ng sangpung libong salita sa wika"** Ang pampanitikang yunit ng mga kabanata 11-14 ay may kinalamang sa pangmadlang, nagkakatipong pagsamba (cf. vv. 23,28,34). Sa ganitong kalagayan, ang pansariling pagsamba sa mga wika ay di gaanong kanais-nais dahil sa walang sinuman ang naturuan at sa gayon, ay naligtas (cf. vv. 24-25) o napatibay ("upang maituro ko rin sa iba," cf. vv. 3,4,5,12,1,19,26).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:20-25

**[20]Mga kapatid, huwag kayong mangagpakabata sa inyong pag-iisip; gayon ma'y sa kahalayan ay mangagpakasanggol kayo, datapuwat sa pag-iisip kayo'y magsilago. [21]Sa kautusan ay nasusulat, SA PAMAMAGITAN NG MGA TAONG MAY IBA'T IBANG WIKA, AT SA PAMAMAGITAN NG MGA LABI NG MGA TAGA IBANG LUPA AY MAGSASALITA AKO, SA BAYANG ITO: AT GAYON MA'Y HINDI AKO PAKIKINGGAN NILA, ang sabi ng Panginoon. [22]Kaya nga ang mga wika ay pinaka tanda, hindi sa mga nagsisisampalataya; kundi sa mga hindi nagsisisampalataya; ngunit ang pagbibigay-propesiya *ay para sa isang tanda*, hindi sa mga hindi nagsisisampalataya, kundi sa mga nagsisisampalataya. [23]Kung ang buong iglesiya nga'y magkatipon sa isang dako at lahat ay mangagsalita ng mga wika, at mangagsipasok ang mga hindi marurunong o hindi mga nagsisisampalataya, hindi baga nila sasabihing kayo'y mga ulol? [24]Datapuwat kung ang lahat ay nagbibigay-propesiya, at may pumasok na isang hindi sumasampalataya, o hindi marunong, napatunayang may sala siya ng lahat, tinawag upang magbigay-sulit siya ng lahat; [25]Ang mga lihim ng kaniyang puso ay nahahayag; at sa gayo'y magpapatirapa siya at sasamba sa Diyos, na sasabihing tunay ngang ang Diyos ay nasa gitna ninyo.**

**14:20 "huwag mangagpakabata"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA PANTUKOY, na

kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang nagpapatuloy na pagkilos. Sila ay mistulang mga anak sa larangang ito (cf. taga-Efeso 4:14), kahitt na kanilang iniisip na sila ay lubhang espirituwal at marunong!

▣ **"sa inyong pag-iisip"** Ito ay mula sa ang Griyegong salita para sa diaphragm o *midriff*. Ito, hindi ang utak, ay ang iniisip na pisyolohikong kinalalagyan ng pang-unawa para sa mga sinauna.

▣ **"kahalayan ay mangagpakasanggol kayo"** Sa ilang mga pagkakataon, ang mga mananampalataya ay walang kabatiran (cf. Mateo 10:16; taga-Roma 16:19). Isa sa ating pananggalang laban sa masama ay kamangmangan o kamusmusan.

▣ **"magsilago"** Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito (i.e., *teleios*) upang ilarawan ang mananampalataya na lubusang nauunawaan ang ebanghelyo at pinamumuhay ito (cf. 2:6; 13:10; 14:20; taga-Efeso 4:13; taga-Filipos 3:15; taga-Colosas 1:28). Ang lahat ng mga mananampalataya ay nagsisimula bilang isang sanggol na Kristiyano at kailangang lumago. Mayroong mga antas ng kaunawaan at maka-Diyos na pamumuhay. Gayunman, ang terminong ito hindi nagpapahiwatig ng isang kawalang kasalanan, ngunit isang espirituwal na kalubusan at kasangkapan para sa paglilingkod.

**14:21-22** Ito ay isang bahagi ng sipi mula sa Isaias 28:11-12. Ito ay maiuugnay sa pagsakop ng Assyria sa Israel. Ang talatang 22 ay nauugnay sa siping ito at <u>hindi</u> sa buong konteksto. Ang pangungusap na ito ay tiyak na kabaliktaran sa lahat ng sinabi ni Pablo sa kontekstong ito. Ito ay kailangang maiugnay sa sipi ng OT. Si Pablo ay ginagamit ang "tanda" sa dalawang paraan kahatulan at biyaya.

**14:21 "Sa kautusan"** Kadalasan, sa isang Hudyong konteksto, ito ay tumutukoy sa mga sulat ni Moises (i.e., Genesis - Deuteronomy), ngunit hindi palagi. Sa Juan 10:34; 12:34; at 15:25, ang pariralang ito ay tumutukoy sa isang sipi mula sa Mga Awit, gayundin sa taga-Roma 3:9. Ang katulad na parirala ay ginamit sa v. 34, ngunit ito ay di-tiyak sa kung saang mga teksto tumutukoy ito maliban sa Genesis 3.

Si Walter Kaiser, sa *Toward An Exegetical Theology*, p. 110, ay gumawa ng nakakawiling puna na ang mga talatang 34 at 35 ay isang sipi mula sa sulat na tinanggap ni Pablo mula sa iglesiya sa Corinto. Kadalasan, ang mga katugunan ni Pablo sa kanilang naisulat na mga tanong ay pinapakilala sa pariralang, "ngayon tungkol sa" (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1), ngunit hindi palagi (i.e., ang tila sipi mula sa sulat na matatagpuan sa 6:12 at 10:23). Kung ito ay totoo, ngayon, "ang Kautusan din ay sinasabing" ay maaaring tumutukoy sa Mga Awit 68:11, na binanggit na hindi sinisipi sa v. 36! Mga Awit 68:11 ay pinapagtibay ang pagpapahayag ng mabuting balita sa nagkakatipong pagsamba ng mga kababaihan. Si Gordon Fee, sa kanyang komentaryo sa I taga-Corinto (New International Commentary) ay pinapahayag din na si Pablo ay hindi sumulat ng vv. 34-35 (pp. 699-708).

**14:23 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (cf. vv. 6,7,8,11, at 14).

▣ **"ang buong iglesiya nga'y magkatipon sa isang dako"** Ang pampanitikang konteksto ng mga kabanata 11-14 ay may kinalawan sa mga patnubay para sa nagkakatipong pagsamba.

Kadalasan, ang mga sinaunang mga iglesiya (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2) ay nagtitipon sa pribadong mga tahanan (i.e., mga bahay-iglesiya). Kadalasan, sa isang lungsod na kasilaki ng Corinto ay kinapapalooban ng maraming mga tahanan. Ito ay maaaring isa sa mga dahilan para sa paglago ng mga pangkatin sa loob ng iglesiya. Ang mga salita ni Pablo ay nagpapahiwatig ng isang mas malaking pangkat ng pagpupulong na maaaring magdiwang ng pista ng pag-ibig (cf. 11:17-34) at Hapunan ng Panginoon. Gaano kadalas o kung saan sila nagkikita ay di-tiyak. Mula sa talatang ito, maliwanag na ang mga panauhin ay pinapayagan, na ipinapakita na ito ay hindi isang lihim o saradong pagpupulong.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kayo'y mga ulol"** |
| **NKJV, NRSV** | **"kayo ay nawala sa inyong isipan"** |
| **TEV** | **"kayong lahat ay luko-luko"** |
| **NJB** | **"kayong lahat ay nahihibang"** |

Ang terminong ito (i.e., *mainomai*) ay ginamit sa Mga Gawa 12:15 at 26:24-25. Sa Juan 10:20 ito ay ginamit upang ilarawan ang pagsanib ng demonyo. Ang terminong ito ay hindi nagpapahiwatig ng pagiging baliw, ngunit pagsanib ng isang espiritu. Sa Griyegong kultura ay maaaring isang natatangin espirituwal na kalagayan, ngunit hindi sa Kristiyanismo.

**14:24 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (cf. vv. 6,7,8,11,14,23,24,28,29).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"napatunayang may sala. . .tinawag upang magbigay-sulit"** |

**NKJV** **"naniniwala. . .hatulan"**
**NRSV** **"sumbatan. . .tinawag upang magbigay-sulit"**
**TEV** **"patotohanan ang kanilang mga kasalanan. . .hatulan"**
**NJB** **"mahanap ang kanyang sarili na mailagay sa pagsubok. . .hatulan"**

Ang propesiya ay nagdudulot ng kaunawaan at paniniwala; ang mga wika ay nagdudulot ng pagkaligalig sa mga panauhing di-mananampalataya o bagong mga mananampalataya.

▣ **"lahat…lahat…lahat"** Hindi ito nagpapahiwatig na ang bawat mananampalataya ay nagwiwika sa bawat pagsambang paglilingkod, ngunit ang lahat na isinasagawa sa pagsamba paglilingkod ay nagdaragdag ng espirituwal na paniniwala na maaaring maranasan ng mga panauhin at bagong mga mananampalataya. Ang "lahat" ay tiyakang isinasama ang mga babeng mananampalatayang nandoon.

**14:25 "Ang mga lihim ng kaniyang puso ay nahahayag"** Ito ay maaaring tumutukoy sa katotohanan na

1. Ang Diyos ay nalalaman mga iniisip ng sangkatauhan at nagdudulot ng pananalig sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu (cf. 24)
2. ang pangmadlang panghahayag ng kasalanan ay isang bahagi ng unang siglong pagsamba (cf. Mateo 3:6; Marcos 1:5; Mga Gawa 19:18; at Santiago 5:16)

## NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II taga-Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituuwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; taga-Roma 8:27; I taga-Corinto 14:25; I taga-Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; taga-Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Mga Gawa 7:23; 16:14; 28:27; taga-Roma 1:21; 10:6; 16:18; II taga-Corinto 4:6; taga-Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II taga-Corinto 3:14-15 at taga-Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Mga Gawa 5:4; 11:23; I taga-Corinto 4:5; 7:37; II taga-Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Mga Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; taga-Roma 1:24; II taga-Corinto 2:4; 7:3; taga-Efeso 6:22; taga-Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. taga-Roma 5:5; II taga-Corinto 1:22; taga-Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, taga-Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Osea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
   e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:26-33

**[26] Ano *ang kinahinatnan*, mga kapatid? Pagka kayo'y nangagkakatipon ang bawat-isa sa inyo'y may isang awit, may isang aral, may isang pahayag, may wika, may isang pagpapaliwanag. Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay sa ikatitibay. [27]Kung nagsasalita ang sinoman ng wika, *ito ay kailangang* maging dalawa, o huwag higit sa tatlo, at sunodsunod *ang bawat-isa*; at ang isa'y magpaliwanag: [28]Datapuwat kung walang tagapagpaliwanag ay tumahimik siya sa iglesiya; at siya'y magsalita sa kaniyang sarili, at sa Diyos. [29]At ang dalawa o tatlo sa mga propeta ay magsipagsalita, at ang mga iba'y mangagsiyasat. [30]Datapuwat kung may ipinahayag na anoman sa isang nauupo, ay tumahimik ang nauuna. [31]Sapagkat kayong lahat ay makapagbibigay-propesiya sa isa-isa, upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan; [32]At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta; [33]Sapagkat ang Diyos ay hindi *isang Diyos* ng kaguluhan ngunit kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesiya ng mga banal,**

**14:26-33** Ito ay nagbibigay sa ating ng isang tunay na kabatiran sa dinamiko, walang kaanyuang pagsambang paglilingkod ng sinaunang iglesiya. Tila dito, gayunman, ay walang propesyonal na ministro. Kahit sino ay maaari at tiyak na nagsasalita nang malaya. Ang mga suliranin limilitaw dalawang bahagi.

1. mayroong pagkaligalig dahil sa lubhang maraming nagnanais magsalita

2. kanilpinagmulangantala ang bawat-isa

Si Pablo ay nagtatangkang ayusin ang nagkakatipong pagsambang-paglilingkod sa isang paraan na hindi tatakdaan ang kalayaan ng Espiritu, ngunit mapatingkad ang layunin ng ang pagpupulong, na kaligtasan ng di mananampalataya at ang paglago ng mga ligtas (cf. Mateo 28:19-20). Ito ay hindi kaayusan para lamang maging maayos (cf. v. 32)! Si Pablo ay hindi naghahanap ng isang kalagayan ng kontroladong pagsamba!

**14:26 "Ano *ang kinahinatnan*"** Tingnan ang tala sa talata 15.

▣ **"Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay sa ikatitibay"** Ito ay ang paulit-ulit na kautusan (i.e., PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK [deponent] PAUTOS). Ang layunin ng espirituwal na mga kaloob ay hindi ang maitaas ng isang indibidwal, ngunit ang paglago (kapwa sa bilang at paglago) ng iglesiya. Kung ilalagay sa isang paraan, "Naisasakatuparan ba ng pagkilos o balangkas na ito ang Dakilang Komisyon ni Hesus" (cf. Mateo 28:19-20)?

**14:27 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Pablo ay hindi pinapagtibay ang kanilang gawain, ngunit tinatala ang kanilang mga gawain.

**14:28 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ninanais ni Pablo na ang nagkakatipong pagsamba ay nagkakaloob ng espirituwal na kabatiran sa lahat na nandoon. Ang mga wika ay katanggap-tanggap kung naipaliwanag. Ang nagkakatipong pagsamba ay hindi ang oras at lugar para sa pribadong karanasan at debosyon upang pangibabawin ang layuning pangkalahatan.

▣ **"kung walang tagapagpaliwanag ay tumahimik siya sa iglesiya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang mga wika at propesiya ay napipigil ng tao na pinagkalooban (cf. v. 30). Pagpapatibay ng katawan ni Kristo at pag-e-ebanghelyo, hindi pansariling kalayaan, ay ang mga susi ng pangmadlang pagsamba.

**14:29** Ang mga propeta ay walang di-mapagtutunggaliang kalayaan (i.e., paksa, panahon, o nilalaman) na magsalita. Sila ay ay kailangang subukin ng ibang mga pinagkaloobang mananampalataya (cf. 14:30 at 12:10; I Juan 4:1-3). Tandaang ang demonyo ay nandoon nang si Hesus magsalita sa kapwa Sinagoga at sa panlabas na pangangaral.

▣ **"mangagsiyasat"** Tingnan ang tala sa 4:7 at Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 10:29.

**14:30 "kung"** Ito ay isa pang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (cf. cf. 6,7,8,11,23,24,28,29).

▣ **"tumahimik ang nauuna"** Ito ay kaagapay sa v. 28 (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Ito ay nagpapahiwatig na ang isang tagapagsalita ay maaaring maantala ng isa pang mananampalataya at ang kasalukuyang nagsasalita ay kailangang pakinggan ang bagong tagapagsalita bago tumugon o magdagdag sa kapahayagan. Ang ganitong sinaunang mga paglilingkod ay lubhang dinamiko at hindi pinaghandaan. Ito ay humihimok sa ilang mga katauhan na kasinglakas ng isang mahigpit na mga pagsamo ng alituntunin sa ibang mga katauhan!

Ngayon ang katanungan ay "ito ba ay isang pamantayang anyo sa lahat ng mga iglesiya ni Pablo o isang pambihirang aspeto ng iglesiya sa Corinto? Tatanganan ba nating ang pagtalakay na ito bilang katibayan sa NT na kung paanong ang lahat ng paglilingkod ay dapat balangkasin o should be structured o sadyang isang halimbawa ng kung papaano pangasiwaan ang mga suliranin sa bahaging ito?

**14:31 "Sapagkat kayong lahat ay makapagbibigay-propesiya sa isa-isa"** Gaano ka-literal natin tatanganan ang pariralang ito? Si Pablo ba ay nagpapahayag ng isang istruktura (balangkas) o isang walang hanggang pagkakataon para sa sinoman at lahat mga mananampalataya na magsalita sa katulad na pagsambang paglilingkod? Mayroon bang pagpipigil sa oras sa sinaunang nagkakatipong mga paglilingkod? Ito ay isang halimbawa ng isang pampanitikang pahayag, hindi isang literal na pahayag. Sa konteksto, si Pablo ay tinatakdaan ang kanilang kalayaan, hindi pinapalawig ang kanilang kalayaan!

Gayunman, ang terminong "lahat" ay tiyakang nagpapahiwatig ng kapwa mga babae at mga lalaki na magbigay-propesiya (cf. 11:5). Lahat mga mananampalataya, lalaki at babae, ay pinagkalooban para sa karaniwang kabutihan (cf. 12:7; 14:26). Ito ay nagdadagdag ng isang higit pang pangangailangan na liwanagin ang v. 34!

▣ **"upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan"** Ang layuning sugnay na ito (i.e., *hina*) ay nagpapahayag ng pangunahing malasakit ni Pablo, hindi na ang lahat ay may kakayahang magpahayag, ngunit na ang lahat ay tumatag, mapatibay, at lumago! Ito ay ang paulit-ulit na paksa ng kabanatang ito.

**14:32**
**NASB, NKJV,**

**NRSV** **"At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta"**
**TEV** **"ang kaloob ng paghahayag ng mensahe ng Diyos ay kailangang pailalim sa pamamahala ng tagapagsalita"**
**NJB** **"ang espiritu ng propesiya ay kailangang pailalim sa pamamahala ng propeta"**

Ang pamimiliang mga saling ay nagpapakita ng dalawang iba't-ibang paraan na ang pariralang ito ay maaaring maunawaan.

1. Silang nangangaral ng ng mensahe ng Diyos ay nakasalalay (i.e., PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK MAY PAHIWATIG) sa ibang nangangaral ng mensahe ng Diyos (i.e., mga propeta ay sinisiyasat ang mga propeta, v. 29).
2. Ang isa na naghahayag mensahe ng Diyos ay may pansariling pamamahala (i.e., PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG) sa kung kailan at kung ano ang sasabihin (cf. v. 30).

Ang terminong "espiritu" ay ginamit sa katulad na paraan sa vv. 2,14,15 (dalawang beses), 16. Ito ay isang pangwikaing paraan sa pagtukoy sa katauhan ng isang indibidwal (cf. 2:11; 5:3-4; 7:34; 16:18). Tingnan ang mga tala sa "pagpapasakop" sa 16:16 at Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 9:13.

**14:33**
**NASB** **"Sapagkat ang Diyos ay hindi *isang Diyos* ng kaguluhan ngunit kundi ng kapayapaan"**
**NKJV** **"sapagkat ang Diyos ay hindi ang may-akda ng ligalig ngunit ng kapayapaan"**
**NRSV, NJB** **"dahil ang Diyos ay isang Diyos hindi ng ligalig ngunit ng kapayapaan"**
**TEV** **"dahil sa Diyos ay hindi tayo nais na maligalig ngunit sa pagkakaisa at kapayapaan"**

Ito ay hindi tumutukoy sa paglalang. Ito ay hindi kaayusan laban sa kaguluhan, ngunit pag-aaway sa mga pangkat o pagkamakasarili laban sa kapayapaan. Ito ay hindi minapaliit ang dinamikong katangian ng unang siglong pagsamba (cf. vv. 39-40), ngunit ang naninibugho, makasariling pag-uugali ng ilang pinagkalooban tagapagsalita (cf. II taga-Corinto 6:5; 12:20; Santiago 3:16). Kapwa ating paraan sa pagsamba at pag-uugalit ay nagpapakilala sa Diyos na ating inaangking sinasamba (cf. 11:17-34).

▣ **"Gaya sa lahat ng mga iglesiya ng mga banal"** Ito ay di-tiyak kung ang pariralang ito ay kasama ng v. 33a (NASB, NKJV) o ng v. 34 (NRSV, TEV, NJB). Dahil ang pariralang "ng mga iglesiya" inuulit ang v. 33b, ito ay maaarin na ang 33b bumubuo ng isang pangwakas na puna na gaya ng sa 4:17 at 7:17. Ang pariralang ito ay maliwanag na ipinapahayag sa lahat ng mga bahay-iglesiya sa Corinto na sila ay hindi natatangi, nakakahigit, o pinagkalooban walang katulad (cf. 4:17; 7:17; 11:16; 14:33,36; 16:1). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:34-36

**34 Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesiya: sapagkat sila'y walang kapahintulutang mangagsalita; kundi sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng Kautusan. 35 At kung ibig nilang maalaman ang anomang bagay, magtanong sila sa kanilang asawa sa bahay; sapagkat hindi angkop na ang isang babae ay magsalita sa iglesiya. 36 Ano? lumabas baga *nang una* mula sa inyo ang salita ng Diyos? o sa inyo lamang dumating?**

**14:34 "Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesiya"** Ang talatang ito ay naging isang pangunahing teolohikong isyu sa ilang mga sangay ng makabagong iglesiya. Ang makabagong kanluraning panlipunan, pangkulturang pagkahilig patungo sa mga indibidwal na karapatan at pagkakapantay-pantay ay ginawa ang NT, at lalo na sa Pablo, na tila palahusga at pasalungat na isyung ito. Sa kapanahunan ni Pablo, ang kanyang teolohiyang nauugnay sa mga babae ay sukdulang paayon (cf. taga-Efeso 5:22-23). Maliwanag na si Pablo ay naglilingkod na kasama ng maraming mga babae, na gaya ng kanyang tala ng mga kamanggagawa sa taga-Roma 16 ay ipinapakita. Tingnan din ang Natatanging Paksa: Ang mga kababaihan sa Bibliya sa 7:5.

Kahit na sa kontekstong ito, si Pablo nagpapahayag ng pagtitimbang (o balanse), 11:5 laban sa 14:34. Kahit papaano, ang vv. 34-35 ay tanging maiuugnay sa Corinto at sa unang siglo. Ang mga teoriya ay lubhang marami (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)! Paano ito ay maiuugnay sa ating kapanahunan ay walang katiyakan. Ang dogmatismo at pagpapatunay-teksto ay di-nararapat. Ang biblikal na saksi ay hindi pagkakapareho o monolitiko sa isyung ito.

Tinatakdaan ni Pablo ang maraming mga pangkat sa kalagayan ng pagsamba sa Corinto, "manahimik," vv. 28,30,34. Mayroong isang suliranin sa nagkakatipong pagsamba sa Corinto. Ang mg Kristiyanong babae ay isang bahagi ng suliraning yaon. Ang kanilang bagong kalayaan kay Kristo (o kanilang pagiging bahagi ng isang Romanong panglipunang samahan sa kalayaan ng mga babae) ay nagdudulot ng pangkultura, teolohiko, at ebandyelikong mga suliranin. Sa ating panahon, ang kasalungat ay maaaring totoo. Ang mga pinagkaloobang pinunong babae ang tutulong sa ika-21 siglong iglesiya na maabot ang mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo. Hindi ito nakakaapekto sa kaayusang ipinagkaloob ng Diyos sa paglalang, ngunit ito nagpapakita ng pagiging-una ng pag-e-ebanghelyo (cf. 9:22). Ang isyung ito ay hindi ang ebanghelyo o pang-doktrinang isyu.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGGAMIT NI PABLO SA KABABAIHAN SA MINISTERYO

Pansinin na ang lahat ng mga babae sa taga-Roma 16 ay kamanggagawa ni Pablo sa ebanghelyo (cf. taga-Filipos 4:3): Febe sa v. 1;

Prisca sa v. 3; Maria sa v. 6; Junia (o Junias—kung totoo nga, ito ay isang lalaki) sa v. 7; Trifena at Trifosa sa v. 12; Persida sa v. 12; "kanypinagmulang" sa v. 13; Julia sa v. 15; at "kanyang kapatid na babae" sa v. 15. Mag-ingat sa dogmatismo sa bahagi ng kababaihan sa ministeryo. Ang lahat ng mga mananampalataya ay pinagkalooban (cf. I taga-Corinto 12:7,11); lahat ng mga mananampalataya ay mga ministryo sa lahat ng panahon (cf. taga-Efeso 4:12). Sa talang ito, mayroon tayong isang babaeng diyakono, si Febe, at isang maaaring babaeng apostol, si Junia (cf. Joel 2:28; Mga Gawa 2:16-21). May kahirapang malaman kung paano tatanganan ang isyung ito sa bibiliya dahil sa tila kabalintunaang pahayag ni Pablo gayan ng sa I taga-Corinto 11:4-5 na inihahambing sa 14:34.

## NATATANGING PAKSA: MGA TEORIYA NA KAUGNAY SA "PANANAHIMIK NG MGA BABAE"

I. Ito ay hindi isang pahayag mula kay Pablo, ngunit isang nahuling karagdagan (cf. Gordon Fee, *New International Commentary*, "I Corinthians," pp. 699-708), kadalasang batay sa ilang Griyegong mga manuskrito (i.e., MSS D, F, G; isang MS ng Vulgate; Ama ng Latinong Iglesiya, si Ambrosiaster, pagkatapos ng A.D. 384) na inilalagay ang vv. 33-34 pagkatapos ng v. 40.

II. Si Pablo ay sinisipi ang sulat mula sa glesiya, na nagpapahayag ng bulaang mga pananaw ng hiwa-hiwalay na pangkat. Sinipi ito ni Pablo upang pabulaanan nito. Gayunman, ang pinahabang pagtalakay na ito (i.e., vv. 33-35 o 36) ay hindi umaakma sa mas maagang "islogan" ni Pablo. Ito ay hindi isang payak na pahayag na binago nang bahagya ni Pablo, ngunit isang nagpapatuloy na pangangatuwiran.

III. Si Pablo ay tumutukoy sa isang suliraning pangkat ng mga babae na sumisira sa pagsambang paglilingkod alinman sa pamamagitan ng mga wika, propesiya, o mga tanong. Ang kanilang pagpapahayag na lubhang masaya sa kanilang bagong kalayaan kay Kristo ay nagdudulot ng pangkulturang kahirapan sa pag-e-ebanghelyo at pagsamba.

IV. Tinatakdaan ni Pablo ang mga babae, hindi sa pangmaldang pagbibigay-propesiya, ngunit sa paghuhusga sa ibang mga mensahe ng propeta (i.e., lalaking mga propeta), sa gayon, nagpapahiwatig na isang awtoridad sa kanila (James Hurley, *Men at Women in Biblical Perspective*, pp. 185-194 at Wayne Grudem, *The Gift of Prophecy in I Corinthians*, pp. 239-255).

V. Pablo ay nakikitungo sa iba't-ibang mga kalagayan sa 11:5 at 14:34.
   A. Ang isa ay isang bahay-iglesiya (i.e., 11:5) at isang ay ang nagkakatipong iglesiya (i.e., 14:34)
   B. 11:5 ay ipinaabot sa mga babaeng walang asawa at 14:34 sa mga may asawang babae
   C. Ang ilang mga babae ay di mapigil o lubhang hayagang magsalita

      Ang pagkakaiba at bilang ng mga nagpapaliwanag ay ipinapakita ng kawalang katiyakan ng makabagong tagapagsalin na maiugnay sa mga gawaing pagsamba ng Corinto at para sa paksang ito, ang mga pagtitipon ng unang siglong Kristiyano. Ang suliranin ba ay
      1. lokal (i.e., tanging sa Corinto)
      2. unang siglong Romanong kultura
      3. pagsamantala ng pagkakaroon ng kaloob
      4. pagtatangkang mangibabaw ng mga babae
      5. pagtatangkang maglapat ng isang Hudyong kaanyuan
      6. bulaang pananaw ng isang humihiwalay na pangkat sa Corinto

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"kundi sila'y pasakop"** |
| **NKJV** | **"sila ay magpasakop"** |
| **NRSV** | **"kailangang magpailalim"** |
| **TEV** | **"sila ay hindi dapat manguna"** |
| **NJB** | **"sa kanila ay isang mas mababang bahagi** |

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS. "Pasakop" ay isang panghukbong terminong naglalarawan ng magkakasunod na kapangyarihan. Ito ay ginamit ni Hesus (cf. Lucas 2:51 sa Kanyang mga magulang sa mundo at I taga-Corinto 15:28 sa Kanyang Ama sa langit) at ay isang pangkalahatang katotohanan para sa iglesiya (cf. taga-Efeso 5:21).

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPASAKOP *(HUPOTASSŌ)*

Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang ito ay upang isalin ang sampung magkakaibang Hebreong mga salita. Ang panimulang kahulugan nito sa OT ay "mag-utos" o "ang karapatan sa pag-uutos." Ito ay kinuha sa Septuagint (LXX).

1. Ang Diyos ay nag-uutos (cf. Levitico 10:1; Jonas 2:1; 4:6-8)
2. Si Moises ay nag-uutos (cf. Exodo 36:6; Deuteronomio 27:1)

3. Ang mga hari ay nag-uutos (cf. II Cronica 31:13)

Sa NT, ang kaunawaang ito ay nagpapatuloy sa Gawa 10:48, kung saan ang Apostol ang nag-uutos. Gayunman, ang bagong kahulugan ay yumabong sa NT.

1. Ang isang pagkusang aspeto ay pinaunlad (kadalasang PANGGITNANG TINIG)
2. Ang pagkilos ng sariling pagtatakda ay maaaring makita sa pagpapasakop ni Hesus sa Ama (cf. Lucas 2:51)
3. Ang mga mananampalataya ay nagpapasakop sa mga aspeto ng kultura upang ang ebanghelyo ay hindi magkaroon ng masamang epekto
   a. Ibang mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:21)
   b. Mga nananampalatayang asawang babae (cf. taga-Colosas 3:18; taga-Efeso 5:22-24; Tito 2:5; I Pedro 3:1)
   c. Ang mga mananampalataya sa paganong pamahalaan (cf. taga-Roma 13:1-7; I Pedro 2:13)

Ang mga mananampalataya ay kumikilos sa layunin ng pag-ibig, para sa Diyos, para kay Kristo, para sa Kaharian, para sa kabutihan ng iba.

Tulad ng *agapaō* (pag-ibig) ang iglesiya ay pinuno ang salitang ito ng bagong kahulugan sang-ayon sa pangangailangan ng Kaharian at ang mga panganganilangan ng iba. Ang salitang ito ay kumukuha ng isang bagong karangalan ng walang pag-iimbot, hindi sang-ayon sa isang utos, ngunit sa isang bagong pakikipag-ugnayan sa isang Diyos na ibinigay ang Sarili at Kanyang Mesias. Ang mga mananampalataya ay sumusunod at nagpapasakop para sa kabutihan ng lahat at ang pagpapala sa pamilya ng Diyos.

▣ **"gaya naman ng sinasabi ng Kautusan"** Si Pablo ba ay tumutukoy sa tiyak na teksto o isang malawak na prinsipyo? Mayroong hindi OT teksto na kanyang sinabi. Ito ay maaaring sa liwanag ng 11:8-9 na ang Genesis 2:20-24 ay sanggunian (cf. I Timoteo 2:13). Ang ilang ay nag-iisip na ang bunga ng pagkahulog at Genesis 3:16 ay ang sanggunian. Ito rin ay sa konteksto, na maaaring ang "pagpapasakop" ay nauugnay sa paggamit ng salita sa v. 32, kung saan ito ay maaaring tumutukoy sa pagpapasakop sa ibang mga propeta (cf. *Hard Sayings of Bible*, p. 616).

Mayroong isang pag-aankop sa mga sulat ni Pablo sa paggamit ng terminong ito, "kautusan." Kadalasang ito ay tumutukoy sa Kautusan ni Moises, ang lumang kasunduan, ngunit minsan ito ay tumutukoy sa ang konsepto ng kautusan sa pagkalahatan. Kung iyan ay totoo dito, ngyaon, ito ay tumutukoy sa mga pangkalahatang simulaain ng pang-patriarkang "lalaki muna," na kultura.

Kung mga babae ay pinahintulutang manguna, kahit na sa anyo, masasaktan nito ang layunin ni Kristo sa unang siglong Greco-Romanong mundo. Sa ganitong paraan, ito ay katulad sa kung paano ituring ng NT ang isyu ng pagkaalipin. Tingnan ang tala sa v. 21 para sa isang iba't-ibang kaunawaan ng pariralang ito.

**14:35** Ang talatang ito ay ipinapakita na ang terminong "babae" sa v. 34 ay tumutukoy sa "mga asawang babae." Ipinapahiwatig ba nito ang isang babaeng walang asawa ay maaaring magsalita? Ang katulad na kalabuang ito ay makikita din sa kabanata 11:5.

Ang talatang ito ay nauugnay sa I Timoteo 2:11-12 at Tito 2:5. Ito ba ay teolohiko o pangkultura sa I Timoteo 2:13-14? Ito ba ay nakakabit sa isang tanging pangkasaysayang kalagayan o ito ba ay isang pangkalahatang katotohanan para sa lahat ng kultura, lahat panahon? Ang biblikal na saksi ay nagsasalita sa dalawang mga tinig (cf. *How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Douglas Stuart, pp. 15,63,72.74).

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang mga Kristiyanong asawang babae ay nagtatanong ng mga tanong sa nagkakatipong pagsamba sa Corinto. Ang mga pagpupulong iglesiya ay palagian nang naaantala ng mga manganganta, nagsasalitasa mga wika, nagpapaliwanag ng mga wika, at mga propeta. Ngayon mga mausisang asawang babae o mga asawang babae na nagpapasika sa kanilang kalayaan ay naging masugid ding lumahok sa kaguluhan!

▣ **"magtanong sila"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang mga babae ay sinabihan kung sino ang tatanungin at kailan sila magtatanong at bakit! Ang kanilang pagkilos ay nakakaapekot sa pagiging mabisa ng nagkakatipong pagsamba.

Basahin ang tala sa kaunawaan ni Walter C. Kaiser ng vv. 34-36 at v. 21, talatang dalawa.

**14:36** Ito ay isang nanunuyang katanungan upang yanigin ang mayabang na iglesiya sa Corinto sa espirituwal na katotohanan at kanilang lugar sa ang ibang mga pagkakatipon. Ang pang-gramatikang anyo ng dalawang mga tanong sa v. 36 ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:37-38

**37Kung iniisip ninoman na siya'y propeta, o ayon sa espiritu, ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo'y isinusulat ko, na pawang utos ng Panginoon. 38Datapuwat kung ang sinoman ay di-nakakabatid *nito*, ay manatili siyang di-nakakabatid.**

**14:37-38** Si Pablo ay nagpapahayag na silang may tunay na espirituwal na mga kaloob ay kailangang kilalanin ang mga nagsasalita at pinagkalooban mula sa Diyos (cf. v. 32; Mateo 11:15; 13:9,15,16,43). Ang paglalarawan ni Pablo ng kanyang kaunawaan sa pamununo ay naihayag sa 7:40 at 14:38. Kinikilala ni Pablo ang kanyang pang-Apostolikong kaloob at awtoridad nito upang magpahayag para kay Kristo. Ang kanyang pagka-Apostol ay inuusisa at hinahamon ng ilan sa Corinto.

Ang talatang 38 ay nagpapahiwatig ng isang banal na sumpa (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK MAY PAHIWATIG) sa kanilang itinatanggi ang Apostolikong awtoridad (cf. Wayne Grudem, *The Gift of Prophecy in I Corinthians*, p. 52 footnote #104).

▣ **"kung. . .kung"** Sila ay kapwa UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa ang pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ang ilang sa Corinto "ay iniisip" nasila ay "espirituwal" (i.e., *pneumatikos*, cf. 12:1), ngunit ang kanilang mga pagkilos at kanilang kaugnayan sa Apostolikong awtoridad (i.e., awtoridad ni Pablo) ay nagpapakita na sila ay hindi. Kung hindi sila kumikilala at nagpapasakop sa awtoridad ni Pablo, ngayon, hindi dapat sila kilalanin bilang mga espirituwal na pinuno.

**14:38**
**NASB** **"ang sinoman ay di-nakakabatid"**
**NKJV** **"hayaan siyang maging mangmang"**
**NRSV** **"ay hindi makabatid"**
**TEV** **"hindi nakikinig sa kaniya"**
**NJB** **"ang tao ay hindi nakikilala"**

Mayroong isang kaibahan ang PANDIWANG PANAHUNAN sa Griyegong mga manuskrito, sa pagitan ng PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK MAY PAHIWATIG (MSS א*, A*) at PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (MSS $P^{46}$, $א^2$, $A^c$, B, $D^2$) . Ang BALINTIYAK MAY PAHIWATIG ay nagpapahiwatig ng "pinabayaan o di kinilala ng Diyos." Ang PAUTOS ay nag-uutos sa mga mananampalataya sa Corinto na tanggihan ang tao na tumatanggi sa awtoridad ni Pablo o maaaring awtoridad ni Pablo na ipinapakilala sa kanyang tagataguyod at kinatawan, si Timoteo. Ang $UBS^4$ binibigyan ang may pahiwatig na isang "B" na antas (halos tiyak).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:39-40

**39 Kaya nga, mga kapatid ko, maningas na pakanasain ninyong makapagbigay-propesiya, at huwag ninyong ipagbawal ang magsalita ng mga wika. 40 Datapuwat gawin ninyong may karapatan at may kaayusan ang lahat ng mga bagay.**

**14:39 "maningas na pakanasain"** Ito ay termino ni Pablo para sa matibay na naisin (cf. 12:31; 14:1). Ang TEV ay may "itakda ang inyong puso sa." Para kay Pablo sa ganitong pangkulturang tagpuan, ang naiisin ay nagtuturo sa pangangaral/ pagbabahari ng ebanghelyo para sa kabutihan ng mananampalataya at di-mananampalataya. Ihambing ito sa Bilang 29:11.

Ito ay tila ang pambunga na pahayag ni Pablo sa 14:1 ay kanya ring pangwakas na pahayag sa v. 39. Ang Griyegong terminong *ōste,* na sinusundan ng isang PAUTOS, ay maaaring isang paraan sa pagpapakilala ng apostolikong mga buod (cf. 10:12; 11:33; 14:39; 15:58; taga-Filipos 2:12; I taga-Thesalonica 4:18).

▣ **"huwag ninyong ipagbawal ang magsalita ng mga wika"** Ito ay isang kailangang pagtimbang sa mga suliranin sa Corinto at sa kasalukuyan. Tayo ay may pagkahilig na lubhang maapektuhan sa ating mga pag-uugali patungkol sa espirituwal na mga bagay. Ang road of katotohanan ay may isang hukay ng kamalian sa bawat panig (i.e., bawat-isa ay nagsasalita sa mga wika laban sa wala ang nagsasalita sa mga wika)!

▣
**NASB** **"may karapatan at may kaayusan ang lahat ng mga bagay"**
**NKJV, NRSV** **"kapita-pitagan at may kaayusan"**
**TEV** **"wasto at maayos na paraan"**
**NJB** **"wasto at nasa ayos na anyo"**

Ang unang termino ay mula sa isang pagsasama ng PANG-ABAY "mabuti" (*eu*) at ang PANGNGALAN "moda" o "anyo" (cf. taga-Roma 3:13; I taga-Thesalonica 4:12).

Ang ikalawang terminong ay nangangahulugang "ayusin sa isang wastong paraan, upang magbigay kaayusan" (cf. taga-Colosas 2:5). Ang pariralang ito ay kaagapay sa v. 33. Ito ay may kinalaman, hindi sa isang itinakdang kaayusan (i.e., sumusupil na adyenda), ngunit sa layunin ng nagkakatipong pagsamba paglilingkod, na alinman sa pag-e-ebanghelyo at pagdidisipulo (cf. Mateo 28:19-20).

Ito ang pangwakas na pahayag ni Pablo sa paksa ng nagkakatipong pagsamba, na nagsimula sa kabanata 11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang tatlong pamantayan sa paghahatol sa espirituwal na mga kaloob?
   a.
   b.
   c.
2. Bakit ay mga wika pinababa sa kabanata sa propesiya? Ang mga wika ba ay isang mababang espirituwal na kaloob?
3. Paano nauugnat ang isipan sa mga wika?
4. Ano ang suliranin sa talata 22?
5. Ang iglesiya sa Corinto ba ay ginamit bilang isang patnubay sa lahat mga iglesiya?
6. Ang mga kababaihan ba ay dapat na manahimik sa iglesiya? Ipaliwanag ang iyong sagot sa paghahambing ng 11:5 at 14:34.

# I MGA TAGA-CORINTO 15

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Muling-Pagkabuhay ni Kristo | Ang Muling-Pagkabuhay ni Kristo, ang katotohanan | Ang Ebanghelyo ng Kamatayan at Pagkabuhay ni Kristo | Ang Muling-Pagkabuhay ni Kristo | Ang Katotohanan ng Muling-Pagkabuhay |
| 15:1-11 | 15:1-11 | 15:1-11 | 15:1-2 | 15:1-8 |
| | | | 15:3-7 | |
| | | | 15:8-11 | |
| | | | | 15:9-11 |
| Ang Muling-Pagkabuhay ng mga Patay | Ang Nabuhay na si Kristo, ang Ating Pag-asa | Ang Kahalagahan para sa Ating ng Muling-Pagkabuhay | Ang Ating Muling-Pagkabuhay | |
| 15:12-19 | 15:12-19 | 15:12-19 | 15:12-19 | 15:12-19 |
| | Ang Huling Kaaway ay Nawasak | | | |
| 15:20-28 | 15:20-28 | 15:20-28 | 15:20-28 | 15:20-28 |
| | Ang mga Epekto ng Pagtanggi sa Pagkabuhay | | | |
| 15:29-34 | 15:29-34 | 15:29-34 | 15:29-32 | 15:29-34 |
| | | | 15:33-34 | |
| Ang Muling-Pagkabuhay na Katawan | Isang Maluwalhating Katawan | Ang Likas ng Muling-Pagkabuhay | Ang Muling-Pagkabuhay na Katawan | Ang Paraan ng Pagkabuhay |
| 15:35-41 | 15:35-49 | 15:35-41 | 15:35-38 | 15:35-38 |
| | | | 15:39 | 15:39-44a |
| | | | 15:40-41 | |
| 15:42-49 | | 15:42-49 | 15:42-49 | |
| | | | | 15:44b-49 |
| | Ang Ating Huling Tagumpay | | | |
| 15:50-58 | 15:50-58 | 15:50-57 | 15:50 | 15:50-53 |
| | | | 15:51-57 | Isang Imno ng Tagumpay Pangwakas<br>15:54-57 |
| | | 15:58 | 15:58 | 15:58 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ito ay maliwanag mula sa konteksto na si Pablo ay tumutugon sa isang lokal na maaaring maling pananampalataya na itinatanggi ang muling pagkabuhay ng mga paya (na karamihan ng Hudyo ay sinasang-ayunan). Maraming mga teoriya ang ipinagpalagay sa maaaring pinagmula nito:
   1. nagsisimulang Gnostikong (tingnan ang Talahuluganan) mga kaisipan na nagbibigay-diin sa dualismo sa pagitan ng espiritu (i.e., Diyos, na mabuti) at bagay (i.e., mga materyal na bagay, na masama)
   2. silang nagpapahayag na ang muling pagkabuhay ay nangyari na (cf. II Timoteo 2:17-18).

B. Ito ay ang depinitibong mga talata sa NT sa muling pagkabuhay ni Kristo at ang muling pagkabuhay ng mga mananampalataya. Kailangan itong matandaan na ang talatang ito ay maaaring naisulat na bago pa man naisulat ang mga Ebanghelyo.

C. Pansinin na pastoral na pagbibigay-diin ni Pablo sa paraan na yaong pang-doktrinang kabanata ay nagtatapos, v. 58. Ito ay katulad sa I taga-Thesalonica 4:18. Si Pablo ay palaging nagdudulot ng doktrina patungo sa pang-araw-araw na buhay at paglilingkod. Ang katotohanan ay nagbibigay-alam sa pamumuhay!

D. Ito ay makakatulong na tingnan ang pangkalahatang istruktura ng mahabang kabanatang ito. Si Dr. David King, isang kasamahan sa East Texas Baptist University, ay may isang mabuting balangkas mula sa mga tala ng kanyang klase:

“IV. Ang mga lumalagong Kristiyano ay nangangailangan ng isang kaunawaan ng pananampalataya sa muling pagkabuhay (15:1-58).
1. Panimula: (15:1-11)
   a. Ang Ebanghelyo mismo ay matatag na nakabatay sa muling pagkabuhay ni Hesus (15:1-8).
      (1) Ang saligang mga katotohanan ng ebanghelyo (ang *Kerygma*) patungkol sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Hesus (15:3-4).
      (2) Ang mga pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng muling pagkabuhay ay nagpapatunay na walang alinlangang si Hesus ay nabuhay mula sa mga patay (15:5-7).
      (3) Pinapalaki ni Pablo ang biyaya ng Diyos na nagpapahintulot sa kanya na maging kasamang mga saksi sa muling pagkabuhay ni Hesus (15:8-11).
2. Ang batayan ng doktrina ng ating muling pagkabuhay ay ang muling pagkabuhay ni Hesus (15:12-34).
   a. Ang ilan ay nagsasabi na Siya ay hindi nabuhay mula sa mga patay. Ano ay implikasyon nito (15:12-19)?
      (1) Ang ating pangangaral ay walang halaga (15:12-14).
      (2) Ang inyong pananampalataya ay walang saysay (15:14 & 17).
      (3) Tayo ay bulaang saksi ng katotohanan ng Diyos (15:15).
      (4) Ikaw ay nananatili sa iyong mga kasalanan (15:17).
      (5) Silang mga mananampalataya na namatay na ay mapapahamak magpakailan man (15:18).
      (6) Lahat ng mga mananampalataya ay kaawa-awa (15:19).
   b. Ngunit Kristo ay (at patuloy na!) Nabuhay! Ano ay mga implikasyon nito (15:20-34)?
      (1) Siya ang unang-bunga ng darating na ani (15:20).
      (2) Si Kristo, ang tao, ay napagtagumpayan ang kamatayan na siyang unang pinakilala sa mundo ng unang tao, si Adan (15:21-22, cf. taga-Roma 5:12-21).
      (3) Ang muling pagkabuhay ay nahahati sa dalawang bahagi: ang muling pagkabuhay ni Kristo at ang muling pagkabuhay ng iba pa (15:23).
      (4) Ang kamatayan ay mapagtatagumpayan sa muling pagkabuhay at <u>lahat</u> ay papasakop sa Diyos, ang naglalang ng lahat (15:24-28).
      (5) Ang mga mananampalataya ay nabautismuhan sa pananampalataya na naniniwala sa kapwa isang espirituwal na at isang pisikal na muling pagkabuhay (15:29).
      (6) Mahaharap natin ang lahat ng uri ng panganib na walang takot, dahil kung tayo ay mamatay, <u>tiyak</u> na muli tayong mabubuhay at hahatulan, sang-ayong sa ating mga gawa (pinahiwatig) upang tayo ay maging maingat kung papaano mamuhay (15:30-34).

3. Ang doktrina ng muling pagkabuhay ng mga mananampalataya ay makatuwiran. Sinagot ni Pablo ang ilan sa kanilang mga tanong (15:35-57).
    a. Paano mabubuhay ang patay? Sagot: sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, tulad ng pagpapalago ng Diyos ng mga halaman mula sa mga binhi (15:35-38).
    b. Anong uri ng katawan ang ating tataglayin? Sagot: Iba't-ibang uri ng katawan na naaangkop sa iba't-ibang uri ng buhay na ating ipamumuhay magpakailan man (15:39-41).
        (1) Ang Diyos ay lumikha ng iba't-ibang uri ng mga katawan para sa buhay sa mundong ito (15:39-41).
        (2) Ang katawan sa muling pagkabuhay ay isang bagong uri ng katawan (15:42-44).
            Di-masisira sa halip na masisira,
            Maluwalhati sa halip na hinahamak
            Makapangyarihan sa halip na mahina
            Espirituwal na sa halip na panghayop (o pisikal)
        (3) Ang likas katawan sa muling pagkabuhay ay niliwanag sa pamamagitan ng pag-iiba sa likas na katawan na naghatid kay Pablo sa isang pag-iiba sa pagitan ng Adan at Kristo (15:45-49, cf. taga-Roma 5:12-21).
    c. Kailan mangyayayri ang lahat ng ito? Sagot: Sa muling pagdating ni Hesus (15:50-57).
        (1) Isang pagpapago na kinakailangan ng <u>lahat</u> (15:50).
        (2) Tayong lahat ay tiyak na magbabago nang madalian (15:51-52, cf I taga-Thesalonica 4:14-17).
        (3) Ito ay mangyayari kapag tumunog ang trumpeta ng Diyos (15:52–cf. I taga-Thesalonica 4:16).
        (4) Kapag ang pagbabago ay ganap nang natupad, ang tagumpay sa kamatayan ay mapapasaatin sa pamamagitan ni Hesukristo (15:53- 57).
4. Pangwakas: Ang bunga ng paniniwala sa doktrinang ito ay katapatan sa paglilingkod dahil sa nalalaman natin na ang ating paglilingkod ay hindi walang kabuluhan (15:58)"

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:1-2

**1 Ngayo'y ipinababatid ko sa inyo, mga kapatid, ang ebanghelyo na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan, 2 Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.**

**15:1**
**NASB** **"Ngayo'y ipinababatid ko sa inyo"**
**NKJV** **"Gayundin. . .ipinahahayag ko sa inyo"**
**NRSV** **"Ngayon, ipinapaalala ko sa inyo"**
**TEV** **"At ngayon, nais kong ipaalala ko sa inyo"**
**NJB** **"Nais kong liwanagin sa inyo"**

Ibinalangkas ni Pablo ang kanyang sulat sa paligid ng maraming mga tanong na ipinadala sa kaniya ng iglesiya sa Corinto (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1) na may pariralang "Ngayo'y ipinababatid" (i.e., *peri de*). Ang Kabanata 15 ay nagsimul sa *de*. Ito ba ay maaaring ang pagtalakay patungkol sa muling pagkabuhay ay hindi isang katanungan na hiningi ng iglesiya, ngunit isang kalagayan na nababatid ni Pablo at nais ding ipahayag?

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na anyo ng *gnōrizō*, na nangangahulugang to makilala, maihayag, o maisalaysay. Gayunman, si Pablo ay hindi nagbigay ng bagong kaalaman (cf. 12:3), ngunit isang pang-doktrinang buod na nagtatatag ng ebanghelyo na kaniya nang ipinangaral sa kanila.

### NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA

A. Ang mga pangako ng Diyos na ginawa sa Lumang Tipan ay nagkaroon na ngayon na katuparan sa pagdating ni Hesus ang Mesias (Mga Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22; taga-Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).
B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang isa Mesias sa Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:38).
C. Si Hesus ay nagsimula ng Kanyang ministeryo sa Galilea pagkatapos ng Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:37).
D. Ang Kanyang ministeryo ay nakikitaan ng pagagawa ng mabuti at pagpapamalas ng matitinding mga gawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Marcos 10:45; Mga Gawa 2:22; 10:38).
E. Ang Mesias ay ipinako sa krus ayon sa walang hanggang layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Mga Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; taga-Roma 8:34; I taga-Corinto 1:17-18; 15:3; taga-Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).
F. Siya ay binuhay mula sa mga patay at nagpakita sa Kanyang mga alagad (Mga Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-

41; 17:31; 26:23; taga-Roma 8:34; 10:9; I taga-Corinto 15:4-7,12ff; I taga-Thesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).

G. Si Hesus ay inangat ng Diyos at binigyan ng pangalang "Panginoon" (Mga Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; taga-Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).

H. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu upang magtatag ng bagong komunidad ng Diyos (Mga Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).

I. Siya ay muling babalik para sa paghuhukom at pagpapanibago ng lahat ng bagay (Mga Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I taga-Corinto 15:20-28; I taga-Thesalonica 1:10).

J. Lahat ng nakarinig sa mensahe ay dapat na magsisi at mabautismuhan (Mga Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; taga-Roma 1:17;10:9; I Pedro 3:21).

Ang panukalang ito ay nagsisilbing mahalagang pagpapahayag ng naunang iglesiya, bagaman magkakaiba ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaaring mag-iwan ng bahagi o magbigay-diin sa ibang mga bahagi ng kanilang pangangaral. Ang kabuuan ng Ebanghelyo ni Marcos ay malapitang sinusunod ang aspeto ng kerygma ni Pedro. Si Marcos, sa tradisyon, ay tinitingnan bilang pagbabalangkas ng mga pangangaral ni Pedro, na ipinangaral sa Roma, na isang isinulat na Ebanghelyo. Kapwa ang Mateo at Lucas ay sumusunod sa panimulang balangkas ng Marcos.

▣ **"mga kapatid"** Si Pablo ay madalas na gumamit ng salitang ito upang ipakilala ang isang bagong aspeto ng kanyang paksa o isang pagbabago ng paksa, gaya ng ginawa niya dito (cf. 1:10; 2:1; 3:1; 4:6; 8:12; 10:1; 11:33; 12:1; 14:6,20,26; 15:1,58; 16:12,15).

▣ **"ang ebanghelyo"** Itinutulad ni Pablo ang konsepto ng "ebanghelyo" sa "ang salitang aking ipinangaral sa inyo" (v. 2). Sa Hebreong kaisipan mayroong isang kapangyarihan sa banal na salita (e.g., Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24; Mga Awit 33:6,9; Isaias 55:11; Juan 1:1). Ito ngayon ay isang talinghaga para sa nilalaman ng pangangaral ni Pablo, hindi lamang isang paraang tumutukoy sa pagsasatinig.

Ang talatang ito ay may isang COGNATE ACCUSATIVE, sa literal "ang ebanghelyo na aking ine-ebanghelyo sa inyo."

Ito ang aking mga puna sa "ebanghelyo" mula sa aking komentaryo, *Gospel According to Pedro*, tomo 2, p. 8 (tingnan sa internet, www.freebiblecommentary.org

> "Kay Marcos maaaring ang unang naisulat na Ebanghelyo, ito ang unang paggamit ng terminong *euangelion* (cf. 1:14,15; 8:35; 10:29; 13:10; 14:9) ng isang manunulat ng Ebanghelyo (paggamit ni Pablo sa taga-Galacia 2:2 at I taga-Thesalonica 2:9 ay mas maaga sa pagkakasunod-sunod). Ito, sa literal ay "ang mabuting balita" o "ang mabuting mensahe." Maliwanag na ipinakikilala nito ang Isaias 61:1 at maaaring 40:9 at 52:7. Ang pang-gramatikang anyo nito ay maaaring maunawaan bilang (1) mensahe ipinagkaloob ni Hesus o (2) ang mensahe patungkol kay Hesus. Ang bilang 2 ay maaaring ang hinahangad na kahulugan. Gayunman, ang *Dictionary of Jesus and the Gospels*, na inilimbang ng IVP, ay nagsasabing "Ang dyenitibo ('ng') ay maaaring kapwa panarili at nilalayon: Si Hesus ay naghahayag ng ebanghelyo at ito ay naghahayag ng kanyang kasaysayn" (p. 285). Ang *Jerome Biblical Commentary* ay nagsasabing ang "paggamit ng Marcos ng salitang 'ebanghelyo' ay katulad kay Pablo kung saan ito ay maaaring mangahulugan ng alinman sa pagsasagawa ng pangangaral o ang nilalaman ng kung ano ang ipinangangaral."

▣ **"na inyo namang tinanggap"** Ang terminong ito ay ginamit ng mga Hudyo sa "isinalin sa mga tradisyon" (cf. v. 3; 11:23; 15:3; Marcos 7:4; taga-Filipos 4:9; I taga-Thesalonica 4:10; II taga-Thesalonica 3:6). Isinasalin ni Pablo kung ano ang kanyang natanggap (i.e., ang ebanghelyo, cf. v. 3) mula kay Kristo (cf. taga-Galacia 1:12,16; Mga Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:7-18). Bago si Pablo naging Apostol sa mga Hentil, siya rin mismo ang tumanggap ng ebanghelyo. Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Bagaman si Hesus ay namatay para sa lahat ng pantaong kasalanan, ito ay maliwanag na mula sa talatang ito at iba pa (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13) na ang bawa tao ay kailangang personal na tanggapin ang walang-bayad na alok ng Diyos (cf. v. 11) sa kaligtasan. Ang ebanghelyo kinapapalooban ng (1) pagtanggap sa isang tao; (2) pananampalataya sa katotohanang patungkol sa taong yaon; at (3) pamumuhay ng isang buhay sa tumutulad sa taong yaon.

▣ **"na siya naman ninyong pinananatilihan"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang natapos na pagkilos sa nakalipas na panahon na naging isang palagiang kalagayan. Nagpapahayag ito ng pangangailangan ng pagtitiyaga (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:21).

## NATATANGING PAKSA: PANININDIGAN (*HISTĒMI*)

Ang karaniwang salitang ito ay ginamit sa maraming teolohikong kahulugang sa Bagong Tipan

1. magtatag
   a. ang Kautusan sa OT, taga-Roma 3:31
   b. isang sariling katuwiran, taga-Roma 10:3
   c. ang bagong kasunduan, Hebreo 10:9

d. isang tungkulin, II taga-Corinto 13:1
e. katotohanan ng Diyos, II Timoteo 2:19
2. hadlangan sa espiritwal
a. ang demonyo, taga-Efeso 6:11
b. sa araw ng kahatulan, Pahayag 6:17
3. paghadlang sa pamamagitan ng pagtayo sa lupa ng isa
a. talinghagang pang-militar, taga-Efeso 6:14
b. talinghagang pang-sibil, taga-Roma 14:4
4. isang kalalagayan sa katotohanan, Juan 8:44
5. isang kalalagayan sa biyaya
a. taga-Roma 5:2
b. I taga-Corinto 15:1
c. I Pedro 5:12
6. Isang kalalagayan sa pananampalataya
a. taga-Roma 11:20
b. I taga-Corinto 7:37
c. I taga-Corinto 15:1
d. II taga-Corinto 1:24
7. Isang kalalagayan ng pagmamataas, I taga-Corinto 10:12

Ang salitang ito ay nagpapahayag ng kapwa pang-kasunduang biyaya at awa ng isang makapangyarihang Diyos at ang katotohanang ang pangangailangan ng mga mananampalataya na tumugon dito at kumapit dito sa pamamagitan ng pananampalataya! Kapwa ay mga biblikal na katotohanan. Sila ay dapat panghawakan nang magkasama!

**15:2 "ligtas kayo"** Ito ay ang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK MAY PAHIWATIG, "iniligtas" (cf. 1:18; II taga-Corinto 2:15; I Pedro 3:21; 4:18). Ang kaligtasan ay isang pagpapatuloy patungo sa pagiging-wangis kay Kristo.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit sa Kaligtasan sa 3:15.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapahiwatig ng sila ay kailangang "tumangan" sa ang katotohanan ng ebanghelyo, na kaniyang ipinangaral sa kanila, ngunit ito ay nagdadagdag ng isang tala ng kawalang katiyakan sa ikalawang "*ei*" (i.e., maliban na). Ito ay tila kaagapay ng Parabula ng mga Lupa ni Hesus (cf. Mateo 13) at pagtalakay ni Juan sa I Juan 2:19 sa kanila na nasa pakikipag-ugnayan, ngunit lumisan.

May mga pangkat sa Corinto na sa kanilang mga pagkilos, mga pag-uugali, at teolohiya ay nagpapakitang sila ay hindi kailanman naging mga mananampalataya! Kanilang itinanggi ang (1) ebanghelyo ni Pablo; (2) apostolikong awtoridad ni Pablo; at (3) isinama ang ebanghelyo sa Romanong kultura, upang ang kultura ay nangingibabaw! Ang pang-kulturang Kristiyanismo ay palaging mahina at minsan ay hindi Kristiyano!

Gayunman, tandaan na sa konteksto, si Pablo ay nagpapahayag ng kanyang pagtitiwala na ang mga mananampalatay sa Corinto ay totoong mga mananampalataya.
1. AORIST PANAHUNAN, v. 1, "tinanggap"
2. GANAP NA PANAHUNAN, v. 1, "siya naman ninyong pinananatilihan"
3. UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, v. 2, "kung matiyaga ninyong iingatan"

▣ **"maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan"** "kung matiyaga ninyong iingatan. . . walang kabuluhan." Ang salitang "walang kabuluhan" (*eikē*) na ngangahulugang "sa walang layunin" (cf. taga-Galacia 3:4; 4:11). Ito ay maliwanag na mula sa Mateo 13:1-9,18-23, at Juan 8:31-59 na ang mga bulaang pagpapahayag ng pananampalataya ay isang katotohanan relihiyosong buhay (tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya sa 6:9). Ang pariralang ito ay bumubuo ng ika-apat na kalipunan na naglalarawan ng mga kinakailangang sangkap ng Kristiyanong pamumuhay: pagtanggap, kalalagayan, paglago, at pagpapatuloy. Ang kaligtasan ay isang proseso na kinapapalooban ng pagsisisi, pananampalataya, pagsunod (kapwa panimula at nagpapatuloy), gayundin sa pagtitiyaga. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangangailang sa Pagtitiyaga sa I taga-Corinto 1:21.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:3-11

**3Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Kristo ay namatay dahil sa ating**
**mga kasalanan, ayon sa Banal na Kasulatan, 4At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa**
**mga kasulatan; 5At siya'y napakita kay Cefas, at saka sa labingdalawa; 6Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang**
**daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwat ang mga**
**iba'y nangatulog na; 7Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apostol; 8At sa kahulihulihan, tulad sa isang**
**ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita naman siya sa akin. 9Ako nga ang pinakamaliit sa mga apostol, at hindi**
**ako karapatdapat na tawaging apostol, sapagkat pinagusig ko ang iglesiya ng Diyos. 10Datapuwat sa pamamagitan ng**
**biyaya ng Diyos, ako nga'y ako; at ang kaniyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan; bagkus**

**ako'y malabis na nagpagal kaysa kanilang lahat: bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na sumasa akin. [11]Maging *ito ay* ako nga o sila, ay gayon ang aming ipinangangaral, at gayon ang inyong sinampalatayanan.**

**15:3 "ibinigay ko sa inyo"** Ito ay tumutukoy sa (1) Kristiyanong saksi na tinanggap ni Pablo (i.e., mula kay Esteban, Mga Gawa 7; mula kay Ananias, Mga Gawa 9:10-18; at mula sa mga Kristiyanong pinagmamalupitan, Mga Gawa 9:1-2; I taga-Corinto 15:9) o (2) tuwirang kapahayagan mula sa ang Panginoon (cf. 11:23; Mga Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:9-18; taga-Galacia 1:12). Isinasalin ni Pablo ang mga katotohanan ng ebanghelyo na kanyang tinanggap. Si Pablo ay hindi isang tagapagbago, ngunit isang matapat na saksi na ginamit ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa mga kalagaya ng bagong Hentil.

▣ **"una sa lahat"** Ito ay ang tanging buod ng Apostolikong ebanghelyo. Ang ating mga buod ng makabagong ebanghelyo, tulad ng *Roman Road* (i.e., 3:23; 5:8; 6:23; 10:9-13), ay makabagong mga pinili mula sa mas malaking kinasihang mga sulat. Nais ni Pablo na ipaalala sa kanila ang mga pangunahing kaalamang ng ebanghelyo (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* at 15:1).

Ang buod ng Ebanghelyo ni Pablo:

1. Si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan
2. Si Kristo ay tunay na namatay at inilibing
3. Si Kristo ay muling nabuhay mula sa mga patay
4. Nalalamang natin na ang mga ito ay totoo dahil sa Siya ay nagpakita sa maraming tao ng maraming araw

▣ **"si Kristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan"** Ang terminong "Kristo" ay ang Griyegong salin ng Hebreong terminong Mesias, na nangahulugang isang pinahiran. Ang terminong ito, na wala sa karaniwang "Hesukristo" o "Panginoong Hesukristo" o "Kristo Hesus" ay ipinapakita ang sinaunang pinanggalingan ng tradisyo ni Pablo, kung saan Hesus ay pinaninindigan bilang ang Hudyong Mesias, ang Isang Ipinangako, tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias sa 1:23). Sa lahat ng maaaring maganap, tinanggap ito ni Pablo mula kay Ananias at ang ibang mga mananampalataya sa Damasco pagkatapos ng kanyang pagbabagong-loob.

Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. "Si Hesus ay nagbayad ng pagkakautang na hindi niya inutang at tayo ay may utang na hindi natin mababayaran" (cf. taga-Galacia 3:13; I Juan 4:10).

Ang PANG-UKOL "dahil sa" (*huper*) ay nangangahulugang "sa kapakanan"; ito ay madalas na ginagamit na kasingkahulugan sa isa pang Griyegong PANG-UKOL, *anti,* na nangahulugang "sa halip na." Ito ay isang sanggunian sa ang panghaliling katubusan alang-alang sa iba (cf. Isaias 53; Marcos 10:45).

Ang kamatayan ni Kristo ay isang paulit-ulit na paksa sa mga sulat ni Pablo. Gumamit siya nang maraming iba't-ibang mga termino at mga parirala upang tumutukoy sa panghaliling kamatayan ni Hesus:

1. dugo (cf. I taga-Corinto 11:25,27; taga-Roma 3:25; 5:9; taga-Efeso 1:7; 2:13; taga-Colosas 1:20)
2. ipibinigay ang Kaniyang sarili (cf. taga-Efeso 5:2,25)
3. ibinigay (cf. taga-Roma 4:25; 8:32)
4. naihain: (cf. I taga-Corinto 5:7)
5. namatay (cf. taga-Roma 5:6; 8:34; 14:9,15; I taga-Corinto 8:11; 15:3; II taga-Corinto 5:15; taga-Galacia 5:21; I taga-Thesalonica 4:14; 5:10)
6. krus (cf. I taga-Corinto 1:17-18; taga-Galacia 5:11; 6:12-14; taga-Efeso 2:16; taga-Filipos 2:8; taga-Colosas 1:20; 2:14)
7. pagpapapako sa krus (cf. I taga-Corinto 1:23; 2:2; II taga-Corinto 13:4; taga-Galacia 3:1)

▣ **"ayon sa Banal na Kasulatan"** Ito ay tumutukoy sa ang OT dahil sa wala pang NT ang naisulat sa panahong ito maliban sa taga-Galacia at taga-Thesalonica. Ang paggamit ng pariralang ito sa vv. 3-4 ay nagpapahayag ng propetiko (cf. Lucas 24:27) at ang pinagpasyahang plano ng katubusan ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:21).

Gayunman, ito ay maaari na ang Banal na Kasulatan dito ay tumutukoy sa mga Ebanghelyo (o ang mga salita ni Hesus na lumaganap na hiwalay sa mga nahuling Synoptics). Ito ay di-tiyak kung kailang sila naisulat, at kailan sila lumaganap sa sinaunang mga iglesiya. Kung ang parirala ay tumutukoy sa isang Ebanghelyong salaysay, ngayon, "sa ikatlong araw" ay maaaring tumutukoy kay Hesus na muling nabuhay ng Linggo, ang unang araw ng Linggo at, sa Hudyong pagbilang, tatlong araw.

**15:4 "siya'y inilibing"** Siya ay totoong namatay!

▣ **"nang ikatlong araw"** Walang maliwanag na pahayag sa OT sa "ang ikatlong araw." Gayunman, ito ay bahagi ng *kergyma* (cf. Marcos 10:34; Lucas 24:46; Mga Gawa 10:40, tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:1). Ang ilang ay tinitingnan ito na tumutukoy sa Jonas 1:17 o Mga Awit 16:10, gayunman, mga puna hi Hesus (cf. Mateo 12:40) ay tila maiuugnay sa karanasa ni Jonas sa malaking isa.

▣ **"siya'y muling binuhay"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG, na lubhang madalas gamitin sa kabanatang ito

(cf. vv. 4,12,13,14, 16,17,20). Ang Griyegong PANDIWA PANAHUNAN ay nagpapahayag ng nagpapatuloy na kalagayan ni Kristo bilang "ang isang binuhay" at ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahayag ng pagkilos ng Diyos Ama sa kanyang muling pagkabuhay mula sa mga patay. Isinasalaysay nito ang pagpapatibay ng Ama sa buhay, mga katuruan, at pangsakripisyong kamatayan ni Hesus. Ang NT ay kadalasang pinapagpalagay ang mga gawain ng katubusan sa lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos:

1. Diyos Ama ang bumuhay kay Hesus (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 6:4,9; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10)
2. Diyos Anak ang bumuhay sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Diyos Espiritu ang bumuhay kay Hesus (cf. taga-Roma 8:11).

## NATATANGING PAKSA: ANG MULING PAGKABUHAY

A. Katibayan para sa muling pagkabuhay
   1. Limampung (50) pagkatapos sa Pentecostes, ang muling pagkabuhay ay naging susi talata ng pangangaral ni Pedro (cf. Mga Gawa 2). Libo-libong naninirahan sa dakong yaon kung saan ito naganap ay nanampalataya!
   2. Ang mga buhay ng disipulo ay sukdulang nabago mula sa panghihina ng kalooban (hindi nila inaasahan ang muling pagkabuhay) hangang sa katapangan, kahit na sa pagiging martir.

B. Kahalagahan ng muling pagkabuhay
   1. Nagpapakita na si Hesus ang nag-aangkin kung sino Siya (cf. Mateo 12:38-40 hula sa kamatayan at muling pagkabuhay)
   2. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang pagsang-ayon sa buhay, katuruan, at panghaliling kamatayan ni Hesus! (cf. taga-Roma 4:25)
   3. Ipinakita sa ating ang pangako sa lahat ng mga Kristiyano (i.e. mga katawan sa muling pagkabuhay, cf. I taga-Corinto 15)

C. Ang mga pag-aangkin mula kay Hesus na Siya ay muling mabubuhay mula sa mga patay
   1. Mateo 12:38-40; 16:21; 17:9,22, 23; 20:18-19; 26:32; 27:63
   2. Marcos 8:31; 9:1-10, 31; 14:28,58
   3. Lucas 9:22-27
   4. Juan 2:19-22; 12:34; mga kabanata 14-16

D. Karagdagang Pag-aaral
   1. *Evidence That Demands a Verdict* by Josh McDowell
   2. *Who Moved the Stone?* by Frank Morrison
   3. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of Bible*, "Resurrection," "Resurrection of Jesus Christ"
   4. *Systematic Theology* by L. Berkhof, pp. 346, 720.

**15:5 "siya'y napakita"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAKITA NI HESUS PAGKATAPOS NG MULING PAGKABUHAY

Nagpakita sa Hesus ng Kanyang saril sa maraming mga tao upang magpatunay sa kanyang muling pagkabuhay.

1. Ang mga kababaihan sa libingan, Mateo 28:9
2. Ang labing-isang mga alagad, Mateo 28:16
3. Simon, Lucas 24:34
4. Dalawang lalaki, Lucas 24:15
5. Mga alagad, Lucas 24:36
6. Maria Magdalena, Juan 20:15
7. Sampung mga alagad, Juan 20:20
8. Labing-isang mga alagad, Juan 20:26
9. Pitong mga alagad, Juan 21:1
10. Cefas (Pedro), I taga-Corinto 15:5
11. Ang labing-dalawa (mga Apostol), I taga-Corinto 15:5
12. 500 na mga kapatiran, I taga-Corinto 15:6 kasama ng Mateo 28:16-17
13. Santiago (Kanyang pang-lupang pamilya), I taga-Corinto 15:7
14. Lahat ng mga Apostol, I taga-Corinto 15:7
15. Si Pablo, I taga-Corinto 15:8 (Mga Gawa 9)

Maliwanag na ang ilan sa mga ito ay tumutukoy sa katulad na pagpapakita. Nais ni Hesus na malaman nila na walang alintangan na Siya ay muling nabuhay!

▣ **"Cefas"** Kadalasang tinatawag siya ni Pablo sa ganitong pangalan sa kanyang mga sulat sa taga-Corinto (cf. 1:12; 3:22; 9:5; 15:50, ngunit sa taga-Galacia, siya ay tinatawa niyang Cefas (cf. 2:9) at Pedro (cf. 1:18; 2:7,8,11,14). Hindi siya tinawag ni Pablo na Simon.

Ito ay nakakagulat na ang unang lalaki (pagkatapos ng mga babae sa libingan), ang muling nabuhay na si Kristo ay nagpakita rin sa nagkaila sa Kanya ng tatlong beses, ang siya ring nangaral ng unang sermon ng Iglesiya sa Pentecostes. Si Hesus ay binigyang tanda siya para sa natatanging pagbibigay-diin sa Marcos 16:7, kung saan ang mga Apostol ay sinabihan na makipagkita kay Hesus sa Galilea. Dito ay tiyakang ipinapakita ang pag-ibig, kaunawaan, pagpapatawad, at pagpapanumbalik na mga kapangyarihan ni Kristo. Marami sa Juan 21 ay naglalarawan ng pagpapanumbalik Pedro sa pamumuno.

▣ **"ang labindalawa"** Ang kanlurang pamilya ng mga Griyegong manuskrito (i.e., MS D [Codex Bezae]), gayundin sa Vulgata, ay may "labing-isa." Ang terminong "labindalawa" ay naging isang teknikal na terminong para Apostolikong pangkat. Hindi ginamit ni Pablo ang salitang ito sa iba pa niyang mga sulat. Ang ilang ay nag-iisip na nagpapahiwatig ito na ang vv. 3-7 ay maaaring isang katekismong buod ng sinaunang iglesiya.

## NATATANGING PAKSA: ANG BILANG NA LABINDALAWA

Ang labindalawa ay palagiang isang simbolikong bilang ng samahan

A. sa labas ng Bibliya
   1. labindalawang mga tanda ng Zodiac
   2. labindalawang buwan ng taon
B. sa OT (BDB 1040 plus 797)
   1. ang mga anak na lalaki ni Jacob (ang Hudyong mga angkan)
   2. ipinapakilala sa
      a. labindalawang haligi ng altar sa Exodo 24:4
      b. labindalawang hiys sa baluti ng punong saserdote (na tumitindig para sa mga angkan) sa Exodo 28:21
      c. labindalawang tinapay sa banal na lugar ng tabernakulo sa Levitico 24:5
      d. labindalawang espiya na ipinadala sa Canaan saBilang 13 (isang mula sa bawat angkan)
      e. labindalawang pamalo (mga pang-angkang pamantayan) sa paghihimagsik ni Korah sa Bilang 17:2
      f. labindalawang bato ni Joshua sa Josue 4:3,9,20
      g. labindalawang distrito ng pamamahal sa pamumuno ni Solomon sa I Hari 4:7
      h. labindalawang mga bato sa altar ni Elias kay YHWH sa I Hari 18:31
C. sa NT
   1. labindalawang mga apostol na pinili
   2. labindalawang kaing ng tinapay (isang para sa bawat Apostol) sa Mateo 14:20
   3. labindalawang trono na inuupuan ng mga disipulo sa NT (tumutukoy sa 12 angkan ng Israel) sa Mateo 19:28
   4. labindalawang mga hukbo ng anghel na magliligtas kay Hesus sa Mateo 26:53
   5. ang simbolismo sa Pahayag
      a. 24 mga matatanda sa 24 na mga trono sa 4:4
      b. 144,000 (12x12,000) sa 7:4; 14:1,3
      c. labindalawang bituin sa putong ng babae sa 12:1
      d. labindalawang pasukan, labindalawang anghel na nagpapakilala ng labindalawang angkan sa 21:12
      e. labindalawang sandigang bato ng bagong Herusalem at nasa kanila ang mga pangalan ng labindalawang mga Apostol sa 21:14
      f. labindalawang libong stadyum sa 21:16 (laki ng bagong lungsod, Bagong Herusalem)
      g. ang pader ay 144 na siko 21:17
      h. labindalawang pintuang perlas sa 21:21
      i. mga puno sa bagong Herusalem na may labindalawang uri ng prutas (isang sa bawat buwan) sa 22:2

**15:6 "siya'y napakita sa mahigit na limang daang kapatid"** Ito ay maaaring tumutukoy sa Mateo 28:16-20, lalo na sa v. 17, na ipinapakita na ang Dakilang Komisyon ay ipinagkaloob sa buong iglesiya, hindi lamang sa kaunting mga pinuno. Ang pagbibigay-diin ni Pablo sa v. 6 ay ang pangkasaysayang katotohanan ng muling pagkabuhay. Kung ang isa ay hindi naniwala, mayroong napakaraming mga saksi na magpapatotoo.

▣ **"hanggang ngayon"** Si Hesus ay napaka sa krus noong kalagitnaan ng 30's at ang I taga-Corinto ay naisulat sa kalagitnaan ng 50's, kaya sa dalawampung-taong panaho, maramin sa mga nabgo ng mga salita at mga gawain ni Hesus ay patuloy na nabubuhay at nagpapatotoo!

▣ **"nangatulog na"** Sinundan ni Pablo ang paggamit ni Hesus (cf. Mateo 27:52; Juan 11:11,13) at paggamit sa OT (cf. Daniel 12:2) ng natutulog bilang isang pahiwatig sa kamatayan.

**15:7 "Santiago"** Ito ay tumutukoy sa kapatid na lalaki ng Panginoon na hindi nanampalataya sa Kanya hanggang sa pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Marcos 3:21; Juan 7:5). Ang lahat ng kanyang pamilya ay nandoon sa Itaas na Silid (cf. Mga Gawa 1:14). Ang Santiagong ito ay makikilala bilang kapatid sa ina ng Panginoon (cf. Mateo 13:55; Marcos 6:3), upang ito ay mapag-iba siya mula kay Santiago ang Apostol, na bahagi ng panloob na pangkat, na pinatay nang napaka-aga (cf. Mga Gawa 12). Sa maraming mga salin-lahi ang Iglesiya sa Herusalem ay may isang pisikal na kamang-anak ni Hesus bilang pinuno nito. Maraming mga biblikal na talata (cf. Mga Gawa 12:17; 15:13; 21:18; I taga-Corinto 15:7; at Santiago 1:1) ay magtuturo na si Santiago ay isang napakahalagang pinuno sa Iglesiya ng Herusalem. Si Pablo lamang ang nagbanggit ng pagpapakita. Ipinapakita nito ang maraming detalye ang tinangga sa NT patungkol sa mga turo at mga pagkilos ni Hesus. Nasa atin na ang lahat ng ating kailangang upang pagkatiwalaan Siya at sumunod sa Kanya, ngunit hindi sapat para sa isang buong kasaysayan ng Kanyang buhay.

## NATATANGING PAKSA: SANTIAGO, AT KAPATID SA INA NI HESUS

A. Siya ay tinawag na "Santiago ang Matuwid" at sa huli siya ay tinawag na "mga tuhod ng kamelyo" dahil sa palagian niyang pananalangin na nakaluhod (mula kay Hegesippus, sinipi ni Eusebio).
B. Si Santiago ay hindi isang mananampalataya hanggang pagkatapos nang muling pagkabuhay (cf. Marcos 3:21; Juan 7:5). Nagpakita si Hesus sa kaniya nang personal pagkatapaos nang muling pagkabuhay (cf. I taga-Corinto 15:7).
C. Siya ay nandoon sa itaas na silid kasama ang mga alagad (cf. Mga Gawa 1:14) at maaari ding kasama siya nang dumating ang Espiritu sa Pentecostes.
D. Siya ay may asawa (cf. I taga-Corinto 9:5).
E. Siya ay tinutukoy na isang haligi ni Pablo (maaaring isang apostol, cf. taga-Galacia 1:19) ngunit ay hindi isa sa Labindalawa (cf. taga-Galacia 2:9; Mga Gawa 12:17; 15:13ff).
F. Sa *Antiquities of the Jews*, 20.9.1, sinabi ni Josephus na siya pinagbabato noong A.D. 62 sa pamamagitan ng mga utos mula sa mga Sadduceo ng Sanhedrin, habang sa ibang tradisyon (ang pangalawang siglong manunulat, Clement ng Alexandria o Hegesippus) ay sinabing siya ay itinulak sa pader ng Templo.
G. Sa maraming salin-lahi pagkaraan ng kamatayan ni Hesus isang kamag-anak ni Hesus ay naitalagang pinuno ng iglesiya sa Herusalem.

▣ **"sa lahat ng mga apostol"** Yamang ang Labindalawa ay binanggit sa v. 5, ito ay tila tumutukoy sa isang mas malawak na paggamit ng termino. Si Santiago ay tila isang "apostol" sa katulad na kaunawaan kay Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4, 14); Andronico at Junias (o Junia, cf. taga-Roma 16:7); Apollos (cf. II taga-Corinto 4:9); Epaphrodito (taga-Filipos 2:25); o Silvanas at Timoteo (cf. I taga-Thesalonica 2:6; Mga Gawa; 18:5).

Ito ay maaaring pangatuwiranan na si Cefas ay binanggit nang hiwalay mula sa Labindalawa kaya "lahat ng mga Apostol" ay maaari ring tumutukoy sa Labindalawa.

**15:8**
**NASB, NRSV "tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan"**
**NKJV "gaya ng isang ipinanganak sa panahon"**
**TEV "kahit na ako ay tulad ng isang ang kapanganakan ay abnormal"**
**NJB "tila ako ay isang batang ipinanganak na abnormal"**

Ang mga saling Ingles ay nagpapakita ng pangkalahatang kaunawaan sa ganitong di-karaniwang termino. Ito ay ginamit laang nang tatlong beses sa Septuagint (cf. Bilang 12:12; Job 3:16; at Ecclesiastes 6:3) para sa isang pagkalaglag. Ang termino ay nagpapahiwatig ng isang di-napapanahon, maaagang kapanganakan. Gayunman, sa kontekstong ito, si Pablo ay tila inilalarawan ang kanyang nahuling pagkadagdag sa Apostolikong pangkat (i.e., ang pagbabagong-loob sa daan sa Damasco, cf. Mga Gawa 9).

Ito ay tiyak na ito ay isa sa mga mapanghamak na puno ng isa o higit pang mga pangkat sa Corinto na itinatanggi sa awtoridad ni Pablo (i.e., hindi siya isang karaniwang Apostol). Kinikilala ni Pablo ang biyaya ni Kristo sa pagpapakita sa kaniya sa gitna ng kanyang pag-uusig ng Iglesiya (cf. v. 10; taga-Galacia 1:23). Gayunman, siya pa rin ay kasama sa tala ng mga pinagpakitaan ni Kristo pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Maaaring ipahayag ni Pablo na siya lamang ang pinagpakitaan naluwalahating (i.e., umakyat sa langit) Kristo (cf. taga-Galacia 1:15-16).

Ito rin ay maaaring na ang termino ay may pangalawang kahulugan na "halimaw," na maaaring tumutukoy sa mapanira at paulit-ulit na pagsalakay ni Pablo sa mga walang kasalang mananampalataya (i.e., Mga Gawa 9:1-2, tingnan ang Jerome Biblical Commentary, p. 273). Maaaring ginamit ni Pablo ang salitang ito sa kanyang sarili yamang ito ay naglalarawan kanyang pang-Hudyong bago siya maligtas.

**15:9 "Ako nga ang pinakamaliit sa mga apostol"** Si Pablo ay lubhang ibinababa sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kahit na sa gitna ng kanyang pag-uusig sa iglesiya ni Hesus. Kadalasan niyang ginagamit ang mga parirala tulad nito upang ilarawan ang kanyang sarili (cf. II taga-Corinto 12:11; taga-Efeso 3:8; I Timoteo 1:15).

▣ **"sapagkat pinagusig ko ang iglesiya ng Diyos"** (cf. Mga Gawa 9:1,13,21; Mga Gawa 22:4,19; Mga Gawa 26:10-11; taga-Galacia 1:13,23; taga-Filipos 3:6; I Timoteo 1:13).

**15:10 "sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako nga'y ako"** "Biyaya" ay ibinungad para sa pagbibigay-diin (cf. taga-Roma 12:3; taga-Efeso 2:8-9). Ang lahat ng mga mananampalataya kung ano sila ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ngunit pansinin ang pangangailangang pagtimbang sa may layuning pantaong pagkilos (cf. taga-Filipos 2:12-13).

▣ **"hindi nawawalan ng kabuluhan"** Ito ay isang iba't-ibang salitang mula sa v. 2. Sa katotohanan, si Pablo ay gumagamit ng tatlong iba't-ibang mga terminong isalin na "walang kabuluhan" o "walang saysay" sa kabanatang ito.

1. *eikē*, v. 2
2. *kenos*, vv. 10,14,48; II taga-Corinto 6:1
3. *mataios*, v. 17; I taga-Corinto 3:20

Ang kanyang punto ay ang biyaya ng Diyos ay napatunayang mabisang sa ministeryo ni Pablo, kung saan ang iglesiya sa Corinto mismo ay isang katibayan at bunga.

▣ **"ako'y malabis na nagpagal kay sa kanilang lahat"** Ang konteksto ay nagdidikta na ito ay tumutukoy sa ibang mga Apostol. Inihahambing ni Pablo ang kanyang sarili sa ibang mga Apostol sa taga-Galacia dahil ang kanyang apostolikong awtoridad ay hinahamon. Ito ay maaarin na isa o mahigit pang mga pangkat ang gumagawa ng katulad na bagay sa Corinto. Si Pablo ay walang pag-aalit sa Labindalawa. Siya lamang ay maliwanag na naghahayag ng kanyang sariling panawagan at awtoridad! Tingnan ang Natatanging Paksa sa "managana" sa II taga-Corinto 2:7.

▣ **"bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na sumasa akin"** Mayroong isang pagtimbang sa teolohiya ni Pablo sa pagitan ng panawagan, kaloob, at paglilingkod na kaugnay sa pagkamakapangyarihan ng Diyos. Mayroong palaging isang pangkasunduang pagtimbang sa pagitan ng dalawang paraan na ito sa pagtinging ng pagiging-mabisa ng sinuman. Ipinapahayag ni Pablo na siya ay gumawa nang mas mahigpit kaysa ibang mga Apostol, ngunit nalalaman niya rin ang Diyos ay pinagmula, hindi ang kanyang sarili. Ang katulad na pagtimbang na ito ay makikita sa Juan 15:5 at taga-Filipos 4:13, o taga-Filipos 2:12-13.

**15:11** Matapang na inihahayag ni Pablo na ang ebanghelyong kanyang natanggap at ipinangaral ay lubhang katulad sa naipangaral ng orihinal na mga Apostol. Ang mismong katotohanan na siya ay gumagawa ng pag-aangkin ay ipinapakita ang kung anong pagsalungat ang hinaharap ni Pablo sa Corinto. Ang ilan ay itinatanggi ang kanyang apostolikong awtoridad at, maaaring, ang nilalaman ng kanyang ebanghelyo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:12-19

**[12]Kung si Kristo nga'y ipinangangaral na siya'y muling binuhay sa mga patay, bakit ang ilan sa inyo ay nagsisipagsabi na walang pagkabuhay na maguli ng mga patay? [13]Datapuwat kung walang pagkabuhay na maguli ng mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Kristo: [14]At kung si Kristo'y hindi muling binuhay, ay walang kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang kabuluhan ang inyong pananampalataya. [15]Oo, at kami ay nasusumpungang mga saksing bulaan tungkol sa Diyos; sapagkat aming sinasaksihan tungkol sa Diyos, na kaniyang muling binuhay si Kristo; na hindi siyang muling nabuhay, kung tunay nga ang mga patay ay hindi muling binubuhay. [16]Sapagkat kung hindi muling binubuhay ang mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Kristo: [17]At kung si Kristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa. [18]Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Kristo ay pawang nangapahamak. [19]Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Kristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag.**

**15:12 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapahiwatig na si Kristo ay ipinapangaral (cf. v. 11).

▣ **"bakit ang ilan sa inyo ay nagsisipagsabi na walang pagkabuhay na maguli ng mga patay"** Ang pinagmulan ng pagtangging ito sa muling pagkabuhay ay maaaring nagsimula sa Griyegong pilosopiya (i.e., Gnosticismo, tingnan ang talahuluganan), na may kaisipan na ang pisikal na katawan ay ang pinagmulan ng masama. Sa teksto, ito ay di-tiyak kung sila ay tumatanggi sa muling pagkabuhay ni Kristo o muling pagkabuhay ng lahat ng mga mananampalataya. Ito ay hindi isang pambihirang suliranin sa sinaunang iglesiya (cf. II Timoteo 2:18).

**15:13 "kung"** Ito ay isa pang UNANG URING MAY PASUBALI. Ito ay kadasalang tinawag ng mga gramaryan na isang "payak" o "lohikong" kalagayan (cf. vv. 13,14,15,16,17,19). Maliwanag sa talatang ito na si Pablo ay ginagamit ito upang paigtingin ang kanyang pampanitikang pangangatuwiran at hindi ipahayag na si Kristo ay hindi muling nabuhay! Ngunit ang lohika sa mga ilang sumunod na mga talatang ay napakalakas. Kung Kristo ay hindi nabuhay, ngayon:

1. walang muling pagkabuhay salahat, vv. 13,16

2. ang ating pangangaral ay walang kabuluhan, v. 14
3. ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan, v. 14
4. sila ay mga bulaang saksi, v. 15
5. ang inyong pananampalataya ay walang halaga, v 17
6. kayo pa rin ay nasa inyong mga kasalanan, v. 17
7. silang mga napatay na ay mapapahamak, v. 18
8. tayo, sa lahat ng mga tao, ang pinakakawawa, v. 19

Ang teolohikong isyu ng muling pagkabuhay ni Kristo ay hindi maliit na isyu! Siya ay nabuhay o ang Kristiyanismo ay isang kasinungalingan! Ito ay isang sandigang doktrina!

**15:14,17 "walang kabuluhan. . .walang kabuluhan"** Ang dalawang iba't-ibang termino ay nagpapahiwatig ng kawalang laman at kawalang-bunga. Kulang walang muling pagkabuhay ang pag-aangkin ng mensahe ng ebanghelyo ay walang bisa!

**15:19 "sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Kristo"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Si Pablo ay gumagawa ng punto na kung si Kristo ay hindi nabuhay, tayo lamang ay may pag-asa (PAIKOT-IKOT NA GANAP NA TAHAS NA) sa buhay na ito dahil sa wala nang kabilang-buhay—kung si Kristo ay hindi nabuhay!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:20-28

**20Datapuwat si Kristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog.**
**21Sapagkat yamang sa pamamagitan ng tao'y *dumating* ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao'y *dumating***
**ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 22Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamamatay, gayon din**
**naman kay Kristo ang lahat ay bubuhayin. 23Datapuwat ang bawat-isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Kristo ang**
**pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Kristo, sa kaniyang pagparito. 24Kung magkagayo'y *darating* ang**
**wakas, pagka ibibigay na niya ang kaharian sa Diyos, sa makatuwid baga'y sa Ama; pagka lilipulin na niya ang lahat ng**
**paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. 25Sapagkat kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay**
**niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. 26Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay**
**ang kamatayan. 27SAPAGKAT KANIYANG PINASUKO ANG LAHAT NG MGA BAGAY SA ILALIM NG KANIYANG PAA. Datapuwat**
**kung sinasabi, ang lahat ng mga bagay ay papailalim sa kanyang paanan, ay maliwanag na itinangi yaong nagpasuko ng**
**lahat ng mga bagay sa kaniya. 28At kung ang lahat ng mga bagay mapasuko na sa kaniya, kung magkagayo'y ang Anak**
**rin ay pasusukuin naman sa nagpasuko ng lahat ng mga bagay sa kaniya, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat.**

**15:20 "Datapuwat"** Ano isang mahalagang pag-iiba!

▣ **"si Kristo nga'y muling binuhay"** Ang kabanatang ito ay kadasalang tinawag na "ang Muling Pagkabuhay na Kabanata." Kapwa ang muling pagkabuhay ni Kristo at ng Kanyang mga tagasunod ay ang paulit-ulit na paksa. Ang katiyakan at mga habang-buhay na mga bunga nito ay maaaring makita sa PANDIWANG *egeirō*, na nangangahulugang gumising, bumangon:

v. 12, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 13, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 14, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 15, AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG (dalawang beses)
v. 16, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 16, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 17, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 20, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 32, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 35, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 42, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 43, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 44, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG
v. 52, PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG

Pansinin na di-nagbabagong BALINTIYAK NA TINIG. Ang Trinidad na Diyos ang bumubuhay sa mga patay. Ang GANAP NA PANAHUNAN ay nagpapahayag ng nakalipas na muling pagkabuhay ni Hesus, na nagiging isang kalagayan ng pagkabuhay. Ang mga mananampalataya kabahagi sa katotohanan ng Kanyang muling pagkabuhay at sa pamamagitan ng pananampalataya, ang katiyakan ay nasa kanila!

▣ **"ang mga nangatutulog"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG PANDIWARI (cf. Mateo 27:52), na isang Hebreong wikain para sa kamatayan.

▣ **"pangunahing bunga"** Ang ganitong OT na taunang pangsakripisyong ritwal ay tinalakay sa Levitico 23:10ff. Ang unang

mga bunga sa OT ay mga nahinog na dahon ng aning barley na ikinampay sa harapan ng Panginoon sa Templo isang araw pagkatapos ng Dakilang Banal na Sabbath of Linggong Paskwa, na siyang Linggo ng Pagkabuhay. Sila ay pinagkalooban upang ipakita ang pagka-may-ari ng Diyos sa buong pananim. Ito ay isang tipo sa OT para sa pangako ng muling pagkabuhay ng lahat ng mga tagasunod ni Kristo! Si Pablo ay muling gumagamit ng ang terminong ito sa 16:15 upang ilarawan ang unang mga mananampalataya sa Acaya. Siya rin ay gumagamit nito sa taga-Roma 8:23 na naglalarawan ng mga mananampalataya na tumatanggap ng Espiritu, ngunit nag-aalalang naghihintay para sa muling pagkabuhay. Si Hesus ay ang unang muling nabuhay (cf. taga-Colosas 1:18), ngunit sa takdang panahon ang lahat ng Kanyang mga tagasunod ay makakaranas din nito. Sa isang espirituwal na kaunawaan atin nang taglay ang buhay ng muling pagkabuhay (cf. taga-Efeso 2:5-6).

## NATATANGING PAKSA: PANGANAY

Ang salitang "panganay" (*prōtotokos*) ay ginamit sa Bibliya sa maraming magkakaibang pagkagamit.

1. ang kaligiran sa OT nito ay tumutukoy sa pagiging handa bago maganap sa unang-ipinanganak na lalaki sa pamilya (cf. Awit 89:27; Lucas 2:7; taga-Roma 8:29; Hebreo 11:28)
2. ang gamit nito sa taga-Colosas 1:15 ay nagsasabing kay Hesus bilang una sa mga linikha na maaaring isang pagkabanggit sa OT sa Kawikaan 8:22-31, o ang kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15-16; Hebreo 1:2)
3. ang gamit nito sa taga-Colosas 1:18; I taga-Corinto 15:20 (at dito) ay tumutukoy kay Hesus bilang panganay mula sa mga patay
4. ito ay isang titulo sa OT na ginamit sa Mesias (cf. Mga Awit 89:27; Hebreo 1:6; 12:23). Ito ay isang titulo na nagsasama-sama ng maraming aspeto ng kalamangan at pagiging nasa gitna (sentral) ni Hesus. Dito, ang konteksto #3 o #4 ang pinakaakma.

**15:21-22** Ito ay ang Adan-Kristo tipolohiya na titingnang muli sa vv. 45-48 (cf. taga-Roma 5:12-21; taga-Filipos 2:6-11). Kay Adan, lahat ng sangkatauhan ay naapektuhan ng kasalanan (i.e., kamatayan). Kay Kristo, maaaring ang lahat ng sangkatauhan ay maaapektuhan ng biyaya.

Ang mga talatang ito na may kalabuan, kasama ng taga-Roma 5:18-19, ay nagdulot sa ilang mga teologo na ipahayag ng kaligtasan para sa lahat ng mga tao. Ang iba ay nakita ito bilang tumutukoy sa muling pagkabuhay ng kapwa ligtas at napahamak (cf. Daniel 12:2). Kay Adan, ang lahat ay mamamatay; kay Hesus, ang lahat ay muling mabubuhay (i.e., ang ilan sa gatimpala, ang ilan sa kahatulan). Ito ay tila maliwanag sa akin na ang mga sulat ni Pablo, na kinuha sa konteksto, ay nangangailangan ng isang nagsisising pananampalatayang pagtugod upang maligtas!

**15:23-25** Ang ilang mga teologo ay nagpapahayag na ang mga talatang ito ay nagpapatunay ng isang pre-millennial na konsepto ng eskatolohiya. Gayunman, ang tekstong ito ay hindi isang pagtalakay ng milenyo (sanlibong taon), ngunit sa muling pagkabuhay. Ang kamatayan ay nagapi sa isang walang lamang puntod, hindi sa isang panghinaharap na pansamantalang pamumuno. Tayo ay kailangang maging maingat sa ating mga teolohikong adyenda na naghahatid ng pagpapaliwanag ng isang konteksto. Hindi tinalakay ni Pablo ang isang milenyo (sanlibong taon), kahit na sa kanyang pagtalakay ng *rapture* (cf. I taga-Thesalonica 4:13-18) o ng Anti-Kristo (cf. II taga-Thesalonica 2). Kahit na si Hesus ay hindi kailanman tinalakay ang isang milenyo (sanlibong taon), kahit na sa Kanyang eskatolohikong pagtalakay (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21). Mayroong maraming magagandang aklat na nagbibigay ng buod ng bawat pangkasalukuyang posisyon sa milenyo at hayaang ang ibang mga posisyon ay ipunto ang mga kalakasan at mga kahinaan ng bawat isa.

1. Robert G. Clouse (ed.), *The Meaning of Millennium, Four Views*
2. C. Marvin Pate (ed.), *Four Views on the Book of Revelation*
3. Darrell L. Boch (ed.), *Three Views on the Millennium and Beyond*

Tingnan ang aking mga pagpuna sa Pahayag, kabanata 20, sa internet sa www.freebiblecommentary.org

**15:23 "kaniyang pagparito"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MGA SALITA SA NT PARA SA PAGBABALIK NI KRISTO

Ang ekastolohikal na pagbibigay diin sa natatanging araw ng pagdating na kelan ang mga tao ay makakatagpo si Hesus (bilang Tagapagligtas at Hukom) ay sumusulong sa ilang mga designasyon sa mga kasulatan ni Pablo.

1. "ang araw ng ating Panginoong Hesukristo" (cf. I taga-Corinto 1:8)
2. "ang araw ng Panginoon" (cf. I taga-Corinto 5:5; I taga-Thesalonica 5:2; II taga-Thesalonica 2:2)
3. "ang araw ng Panginoong Hesus" (cf. II taga-Corinto 1:14 MS א has "Panginoong Hesus" in I taga-Corinto 5:5)
4. "ang araw ni Hesukristo" (cf. taga-Filipos 1:6)
5. "ang araw ni Kristo" (cf. taga-Filipos 1:10; 2:16)
6. "ang Kanyang araw (Anak ng Tao)" (cf. Lucas 17:24)

7. "ang araw na ang Anak ng Tao ay mahahayag" (cf. Lucas 17:30)
8. "ang kapahayagan ng ating Panginoong Hesukristo" (cf. I taga-Corinto 1:7)
9. "kapag ang Panginoong Hesus ay maihahayag mula sa kalangitan" (cf. II taga-Thesalonica 1:7)
10. "sa presensya ng Panginoong Hesus at sa Kanyang pagdating" (cf. I taga-Thesalonica 2:19)

Mayroong higit sa apat na mga paraan na kung saan ang mga may akda ng NT ay tumutukoy sa pagbabalik ni Hesus.

1. *epiphaneia*, na tumutukoy sa nakasisilaw na kaliwanagan na sa teolohikong ay (bagamat hindi etimolohikal) na may kaugnayan sa "kaluwalhatian". Sa II Timoteo 1:10; Tito 2:11 at 3:4 ito ay tumutukoy sa unang pagdating ni Hesus(i.e., pagkakatawang tao) at Kanyang Ikalawang pagdating. Ito ay ginamit sa II Thesalonica 2:8 na sumasakop sa lahat ng pangunahing mga salita para sa Ikalawang Pagdating: I Timoteo 6:14; II Timoteo 4:1,8; Tito 2:13.
2. *parousia*, na nagpapahiwatig ng presensya at orihinal na tumutukoy sa isang maharlikang pagbisita. Ito ang pinakamaraming ginamit na salita (cf. Mateo 24:3,27,37,39; I taga-Corinto 15:23; I taga-Thesalonica 2:19; 3:13; 4:15; 5:23; II taga-Thesalonica 2:1,8; Santiago 5:7,8; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28).
3. *apokalupsis* (o *apocalypsis*), na ang ibig sabihin ay paglalantad para sa layunin ng pagpapahayag. Ito ang pangalan ng huling aklat sa NT (cf. Lucas 17:30; I taga-Corinto 1:7; II taga-Thesalonica 1:7; I Pedro 1:7; 4:13).
4. *phaneroō* , na ibig sabihin ay dalhin sa liwanag o malinaw na ipahayag o ipakita. Ang salita ay ginamit ng madalas sa NT para sa maraming mga aspeto ng kapahayagan ng Diyos. Ito, gaya ng *epiphaneia*, ay maaring tumutukoy sa unag pagdating ni Kristo (cf. I Pedro 1:20; I Juan 1:2; 3:5,8; 4:9) at sa Kanyang Ikalawang Pagdating (cf. Mateo 24:30; taga-Colosas 3:4; I Pedro 5:4; I Juan 2:28; 3:2).
5. Ang napakakaraniwang salita para sa "pagdating," *erchomai*, ay ginamit rin ng paminsan-minsan para sa pagbabalik ni Kristo (cf. Mateo 16:27-28;23:39; 24:30; 25:31; Mga Gawa 1:10-11; I taga-Corinto 11:26; Pahayag 1:7,8).
6. Ito rin ay ginamit kasama ang pariralang "araw ng Panginoon" (cf. I taga-Thesalonica 5:2), na siyang OT na titulo para sa araw ng pagpapala ng Diyos (muling pagkabuhay) at paghuhukom.

Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng pananaw ng OT, na nagsasaysay ng

a. isang kasalukuyang, mapaghimagsik na panahon
b. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
c. ang panahon na dinala ng kinatawan ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesias (Ang Isang Pinahiran)

Ang teolohikong pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kailangan sapagkat ang mga may akda ng NT ay bahagyang binago ang pag-aasam ng Israel. Sa halip na isang panghukbong, makabayan (Israel) na pagdating ng Mesias, mayroong dalawang pagdating. Ang unang pagdating ay pagkakatawang tao ng Diyos sa konsepsyon at kapanganakan ng Hesus ng Nazareth. Siya ay dumating bilang hindi makamilitar, hindi makahukom na "matiising tagapaglingkod" ng Isa. 53; at saka ang banayad na sumasakay bisiro ng asno( hindi isang pandigmang kabayo o makaharing mola), ng Zacarias 9:9. Ang unang pagdatin ay pinasinayaan ng Bagong Makamesyas na Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba ito ay malayo pa rin. Ang pag-iigting na ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesias na kung saan, sa pakahulugan, ay ang pagsasanib ng dalawang Makahudyong panahon na hindi nakikita, o hindi malinaw, mula sa OT. Sa katunayan, ang dalawahang pagdating na ito ay nagbibigay diin sa pagiging tapat sa pangako ni YHWH na tubusin ang lahat ng tao (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na sina Isaias at Jonas).

Ang iglesya ay hindi naghihintay para sa katuparan ng propesiya ng OT sapagkat karamihan sa mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 165-166). Ang inaabangan ng mga mananampalataya ay maluwalhating pagdating ng muling nabuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, pinagmulangsam na makasaysayang katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT na mga presentasyon ay wasto ngunit, hindi kompleto. Siya ay darating muli na gaya ng hinula ng mga propeta sa kapangyarihan at awtoridad ni YHWH.

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi biblikal na salita, ngunit ang konsepto ay isang pananaw sa mundo at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ang magtatakda ng lahat ng ito ng tuwiran. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatuahan ay ginawa ayon sa Kanyang imahe ay muling mapapanumbalik. Ang kasamaan ay hahatulan at aalisin. Ang layunin ng Diyos ay hindi, di pwedeng, mabigo!

**15:24 "ang kaharian"** Ito ay kataka-taka na kung paano ang konseptong ito ay madala na ginamit ni Hesus sa Sinoptikong mga Ebanghelyo. Ito ay ang paksa ng Kanyang unang at huling pangangaral gayundin sa paksa ng karamihan sa mga parabula. Ito ay nakakagulat na dalawa lamang na dalawang beses ito ginamit sa Ebanghelyo ni Juan. Ito ay ang paghahari ng Diyos sa mga nananampalatayang mga puso ng tao na sa takdang panahon ay magkakaroon ng kalubusan sa buong mundo (tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:20).

Ito ay ginamit ni Hesus bilang isang pangkasalukuyang pag-iral ng kaharian ng Diyos sa at sa pamamagitan ng Kanyang pansariling presensya at pangangaral (cf. Mateo 3:2; 4:17; 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 9:9,11; 11:20; 21:31-32).

Gayunman, ito rin ay nauugnay sa isang panghinaharap na maluwalhating kalubusan sa Kanyang pagdating (cf. Mateo 6:10; 16:28; 26:64). Ito ay "ang nandito na/hindi pa" na eskatolohikong pag-iigting ng mga Ebanghelyo!

Ang tiyak na sanggunian sa "ang kaharian" ay di-karaniwang sa mga sulat ni Pablo.

| | | |
|---|---|---|
| taga-Roma | – | 14:17 |
| I taga-Corinto | – | 4:20; 6:9; 15:24,50 |
| taga-Galacia | – | 5:21 |
| taga-Efeso | – | 5:5 |
| taga-Colosas | – | 1:13; 4:11 |
| I taga-Thesalonica | – | 2:12 |
| II taga-Thesalonica | – | 4:1,18 |

▣ **"pagka lilipulin na niya ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan"** Ito ay tumutukoy sa mga maka-angel na kapangyarihan (*eons* sa kaisipang Knostiko) sa kasalukuyang masamang panahon (cf. taga-Roma 8:38; taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:12; taga-Colosas 1:16; 2:10,15). Ang pagbubuwag na ito ay tila naganap

1. sa teolohiya, sa krus at muling pagkabuhay
2. pansamantala sa pagbabalik ni Kristo

Kung ito ay totoo, samakatuwid, ang I taga-Thesalonica 4:13-18 ay ang pinakamalapit na kaagapay sa mga sulat ni Pablo. Pansinin na pagtapos ng *rapture*, mga mananampalataya ay makakasama na ng Panginoon magpakailan man (cf. I taga-Thesalonica 4:17), na walang hangang kaharian ng Ama (cf. Daniel 7:13-14).

Para sa "pamamahala" tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ*

Ang katagang "nasasakupan" ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang "simula" o "pinanggalingan" ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; Filipos 4:15; II taga-Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, taga-Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito'y dumating upang gamitin bilang "tuntunin" o "awtoridad"

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. taga-Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
   a. taga-Roma 8:38
   b. I taga-Corinto 15:24
   c. taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:12
   d. taga-Colosas 1:16; 2:10,15
   e. Hudas v. 6

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

Para sa "awtoridad" tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: KAPANGYARIHAN O KAPAMAHALAAN (*EXOUSIA*)

Ito ay nakakawiling tingnan ang paggamit ni Lucas ng *exousia* (kapamahalaan, kapangyarihan, o legal na karapatan).

1. sa 4:6, si Satanas ay inaangkin ang kakayahang magbigay ng kapamahalaan kay Hesus.
2. sa 4:32,36, ang mga Hudyo ay namamangha kung paano magturo si Hesus gamit ang Kanyang pansariling kapamahalaan.
3. sa 9:1, Kanyang ibinigay ang Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa Kanyang mga Apostol.
4. sa 10:19, Ibinigay Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pitumpung mga misyonero.
5. sa 20:2,8, ang pangunahing tanong ng kapamahalaan ni Hesus ay tinatanong.
6. sa 22:53, ang kasamaan ay may pinahintulot na kapangyarihan upang sumpain at patayin si Hesus.

Bagaman hindi sa Lucas, sa panimula sa Dakilang Komisyon ni Mateo, "lahat ng kapangyarihan ay pinagkaloob sa Akin sa langit at sa lupa," ay isang kamangha-manghang kapahayagan (Mateo 28:18).

Ang kasagutan ni Hesus sa kanilang tanong ay maaaring

1. Isinawikang mga salita ng Diyos at Kanyang
   a. bautismo (Lucas 3:21-22)
   b. pagpapalit-anyo (Lucas 9:35)
2. propesiyang natupad sa OT
   a. angkan ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. pamilya ni Jesse (cf. II Samuel7)
   c. ipinanganak sa Bethlehem (cf. Mikas 5:2)
   d. ipinanganak sa ika-apat na emperyo (Roma) ng Daniel 2
   e. tinulungan ang mahihirap, bulag, nangangailangan (Isaias)
3. ang Kanyang pagpapahayag ng masamang espiritu ay naghahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan ay Satanas at kanyang kaharian.
4. ang Kanyang pagpapabuhay ng patay ay nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan sa pisikal na buhay at kamatayan.
5. Ang lahat ng Kanyang mga himala ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa pansamantala, sa kalawakan, at sa pisikal.
   a. kalikasan
   b. mga pagpapakain
   c. mga pagpapagaling
   d. mga pagbabasa ng isip
   e. paghuli ng isda

Ang kontekstong ito ay maaaring tumutukoy sa Gnostikong *eons.* Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA ANGHEL SA MGA SULAT NI PABLO

Ang mga rabbi ay ipinagpapalagay na mga anghel ay naninibugho sa pag-ibig at pagbibigay-pansin ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan at, samakatuwid, ay laban sa kanila. Ang Gnostikong bulaang mga guro ay nagpapahayag na ang kaligtasan ay makukuha lamang sa pamamagitan ng mga lihim na mga hudyat ng mga kalabang pang-anghel na nasasakupan (cf. taga-Colosas at taga-Efeso), na tutungo sa mataas na-diyos.

Si George Eldon Ladd ay mayroong isang mabuti buod sa mga terminong ginamit ni Pablo para sa mga anghel sa kanyang aklat *One Theology of New Testament*: "Si Pablo ay tumutukoy sa hindi lamang sa mabuti at masamang mga anghel, sa Satanas at sa mga demonyo; ginagamit niya ang isa pang pangkat ng mga salitang upang italaga ang mga maka-anghel na espiritu. Ang terminolohiya ay ang mga sumusunod:

'Kapamahalaan' [*arche*], I taga-Corinto 15:24; taga-Efeso 1:21; taga-Colosas 2:10
'mga Kapamahalaan' [*archai*; RSV, "mga pamunuan'], taga-Efeso 3:10; 6:12; taga-Colosas 1:16; 2:15; taga-Roma. 8:38
'Kapangyarihan' [*exousia*], I taga-Corinto 15:24; taga-Efeso 1:21; taga-Colosas 2:10
'mga Kapangyarihan' [*exousiai*; RSV, "mga kapamahalaan"], taga-Efeso 1:21
'Kapangyarihan' [*dynamis*], I Corinto 15:24; taga-Efeso 1:21
'mga Kapangyarihan' [*dynameis*], taga-Roma. 8:38
'mga Luklukan [*thronoi*], taga-Colosas 1:16
'pagkasakop' [*kyriotes*; RSV, "mga kapamahalaan"], taga-Efeso 1:21
'mga pagkasakop' [*kyriotetes*], taga-Colosas 1:16
'espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan,' taga-Efeso 6:12
'Ang espiritwal na (mga hukbo) ng kasamaan sa kaitaasan,' taga-Efeso 6:12
'Ang kapangyarihan ng kadiliman,' taga-Colosas 1:13
'sa bawat pangalan na ipinangungusap,' taga-Efeso 1:21
'nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa,' taga-Filipos 2:10" (p. 401).

**15:25 "kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway"** Ito ay isang OT wikain ng lubusang tagumpay (cf. Mga Awit 8:6; 110:1). Sa OT ang mga kaaway ay ang mg nakapalibot na paganong bansa, ngunit sa NT sila ay ang maka-angel, espirituwal na mga kapangyarihang laban sa Diyos at Kanyang Kristo. Ang mga masamamg kapangyarihang ito ay nakakaimpluwensiya sa mga tao sa kawalang pananampalataya at paghihimagsik. Lubusan nang nadaig ni Hesus ang mga kapangyarihang ito sa pamamagitan ng krus at Kanyang muling pagkabuhay. Ang pangwakas na muling pagkabuhay ng lahat ng mga mananampalataya ay ang magtatanda ng pagkalubos ng tagumpay na ito!

Mayroong dalawang nakakawiling aklat na tatangkaing tiyakang bigyang-kahulugan kung ano ang tinutukoy ng mga "(mga) kapangyarihan" ito .

1. Hendricus Berkhof, *Christ and the Powers*
2. Oscar Cullmann, *Christ and Time*

**15:26 "Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan"** Ito ay nangangahulugang "gawing walang-bisa at walang kabuluhan." Ang kamatayan ay nadaig (cf. II Timoteo 1:10; Pahayag 21:4). Ang kamatayan ay hindi ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan, ngunit isang bunga ng Pagkahulog (i.e., Genesis 3). Ang sumpa ay matatanggal (cf. Pahayag 21:3) gaya ng ito ay nadaig na ngayon.

Para sa terminong "nalipol" sa vv. 24 at 26 tingnan ang Natatanging Paksa: *Katargeō* sa I taga-Corinto 1:28.

**15:27-28** Ang mga nauuna sa PANGHALIP ay may kalabuan. Maliwanag na ito ay tumutukoy sa isang panloob na pakikipag-ugnayan sa loob ng pagka-Diyos (cf. 3:23; 11:3). Si Kristo, ang Anak, ay nasa ilalim (ngunit hindi di-magkatumbas, cf. taga-Colosas 3:11) sa Ama sa Kanyang pangkatubusang tungkulin sa isang panahon (cf. taga-Roma 11:33-36).

**15:27** Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 8:6 na may isang karagdangang pagkabanggit sa Mga Awit 110:1. Para sa "pagpapasakop" tingnan ang tala sa 16:16 at Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 9:13.

**15:28 "kung ang lahat ng mga bagay ay mapasuko na sa kaniya"** Kailan ito naganap? Ito ay ang katanungan! Mayroong maliwanag na mga nagtuturo sa panahon sa buong talataaang ito.

1. pagkatapos (*epeita*), v. 23
2. Kung magkagayon (*eita*), v. 24
3. pagka (*hotav*, dalawang beses), v. 24
4. hanggang sa (*achri*), v. 25
5. kung (*hostan*), v. 27
6. Kung (*hostan*), v. 28

Ito ba ay tumutukoy sa

1. kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus
2. pag-akyat sa langit ni Hesus
3. pagbabalik/rapture in Hesus
4. ilang aspeto ng milenyo (sanlibong taon)

Mayroong isang maliwanag na pagkakasunod-sunod na oras, ngunit Si Pablo ay may lubhang kalabuan para sa anumang taga-pagpaliwanag upang ipahayag ng may katiyakan. Kadalasang ang ating mga paunang pagpapalagay at sistematikong mga teolohiya ay huhubog sa talatang ito sa anumang ninanais hugis!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:29-34

**29 Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa kanila? 30 Bakit baga naman tayo'y nanganganib bawat oras? 31 Ipinahahayag ko alangalang sa ikaluluwalhati ninyo, mga kapatid, na taglay ko kay Kristo Hesus na Panginoon natin na araw-araw ay nasa panganib ng kamatayan ako. 32 Kung ako'y nakipagbaka sa Efeso laban sa mga ganid, ayon sa kaugalian ng tao, ano ang pakikinabangin ko? Kung ang mga patay hindi muling binubuhay, MAGSIKAIN AT MAGSIINOM TAYO YAMANG BUKAS TAYO'Y MANGAMAMATAY. 33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali. 34 Kayo ay dapat maging mahinahon, at huwag mangagkasala; sapagkat may mga ibang walang pagkakilala sa Diyos: sinasabi ko *ito* upang kayo'y kilusin sa kahihiyan.**

**15:29** Ang talatang ito ay nagdulot ng pangunahing mga suliranin sa pagpapaliwanag. Wala tayong kaagapay na mga talata sa Banal na Kasulatan. Wala tayong ibang sanggunian para sa ganitong kasanayan sa sinaunang iglesiya, bagaman may ilang pangkasaysayang katibayan patungkol sa katulad na kasanayan sa mga erehe ng ikalawa at ikatlong siglo. Kailangan nating tanggapin na hindi tayo tiyak kung ano ang biblikal na pinapatungkulan nito. Ang ilang mga teoriya ay:

1. mga bagong Kristiyano na nabautismuhan ay papalitan ang mga namatay nang Kristiyano
2. mga bagong nagbagong-buhay na nabautismuhan dahil sa kanilang paggalang para sa kanilang mahaal sa buhay na namatay na
3. ang mga tao sa katesismo na namatay na bago pa mabautismuhan ay kahaliling nabautismuhan ng mga nabubuhay na Kristiyano
4. mga bagong nagbagong-buhay ay nabautismuhan sa mga libingan ng mga dakilang Kristiyano.

Sa Hermeneutics, maraming pagpapalagay ang kailangang gamiting sa pagpapaliwanag ng talatang ito.

1. Ito ay saligang kalipunan ng mga halimbawa/ mga paglalarawan ng katotohanan ng muling pagkabuhay.
2. Ang simuman ay hindi bubuo ng teolohiya/doktrina sa mga paglalarawan.
3. Yamang walang palatandaan ang tiyak na pangkasaysayang sanggunian, ang tekstong ito ay hindi dapat bigyang-diin o iangkop at tiyak na hindi mabaling sa isang doktrina (i.e. Mormonismo)

4. Ito ay kahit na sa konteksto di-tiyak kung Pablo ay nagsasalaysay ng ganitong gawain o payak na gumagawa ng isang pagkabanggit dito (cf. TEV, NJB)

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ginamit upang gumawa ng isang malakas na panlabang punto. Ang Griyegong teksto ay may salitang *holōs* (talaga) sa sugnay na ito. Tingnan ang mga tala sa 5:1.

**15:31**
**NASB, NKJV "Ipinahahayag ko"**
**NRSV "ito ay tiyak"**
**TEV "Sinasabi ko ito"**
**NJB "Pinapanata ko"**

Ito ay hindi sa Griyego, ngunit sa konteksto ang sumusunod na parirala ay maaaring isang panunumpa. Si Pablo ay gumagamit ng mga panunumpa ng lubhang kadasalan upang magpahayag ang katotohanan sa kanyang pahayag (cf. taga-Roma 9:1; II taga-Corinto 1:18,23; 11:10-11,31).

▣ **"alangalang sa ikaluluwalhati ninyo na taglay ko kay Kristo Hesus na Panginoon natin"** Pablo ay nagpapahayag na kanyang gawain sa Corinto ay isang katibayan ng kanyang pagpapagal para kay Kristo. Ang kanyang pagpapagal ay naging karapat-dapat dito (cf. II taga-Corinto 3:1-2; 7:4; 9:2-3). Ang mga iglesiya ni Pablo ay isang katibayan ng kanyang pagka-Apostol at pagiging mabisa.

▣ **"araw-araw ay nasa panganib ng kamatayan ako"** Ang pariralang ito ay inilagay sa unahan ng pangungusap para sa pagbibigay-diin (cf. II taga-Corinto 5:14-15; taga-Galacia 2:20; I Juan 3:16). Ang mga talatang 30-32 ay tumutukoy sa mga paghihirap na hinaharap ni Pablo sa paglilingkod kay Kristo (cf. II taga-Corinto 1:8-10, 4:8-12; 6:3-10; 11:23-27). Nalalaman niya ang kahalagahan nito dahil sa nasaksihan niya nang personal ang naluwalhating Kristo sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:9-18). Ang teolohiya ni Pablo ay natalastas sa pamamagitan ng pansariling karanasan at pansariling kapahayagan (cf. Mga Gawa 9:1-22; taga-Galacia 1:11-12) at ng Lumang Tipan (kanyang rabinikong pagsasanay).

**15:32 "Kung"** Si Pablo ay gumagamit ng dalawang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI upang gumawa ng isang punto. Kung walang muling pagkabuhay at walang Kristiyanong gantimpala, bakit si Pablo ay nakahandang magdusa araw-araw para sa ebanghelyo?

▣ **"nakipagbaka sa Efeso laban sa mga ganid"** Hindi binanggit ni Pablo ang karanasang ito sa kanyang litanya ng mga paghihirap sa II taga-Corinto 11:23-27, at dahil sa Pablo ay isang mamamayan ng Roma, siya ay hindi pinilit na makipaglaban sa mga mabangis na hayop. Ito ay isang talinghaga ng mahirap na espirituwal na kalagayan na naranasan ni Pablo sa Efeso (cf. I taga-Corinto 1:8-10). Ang ilan ay tinatanganan ang tekstong ito sa literal at nagpapahayag isang pagkabilanggo sa Efeso.

▣ **"ano ang pakikinabangin ko"** Ang mga pagpapagal ni Pablo para kay Kristo ay walang epektong espirituwal kung walang muling pagkabuhay, alinman sa kay Kristo at sa gayon ay walang muling pagkabuhay para kay Pablo. Ang kanyang mga pagpapagal para sa ebanghelyo, ngunit kung ang ebanghelyo ay hindi totoo, ay walang gantimpala (i.e., walang kaligtasan, walang muling pagkabuhay, walang walang-hangang buhay, walang pakikipag-ugnayan sa Diyos, walang pagsasamang-muli sa mga mahal sa buhay sa langit, cf. 15:12-19).

▣ **"MAGSIKAIN AT MAGSIINOM TAYO YAMANG BUKAS TAYO'Y MANGAMAMATAY"** Ito ay ang kasabihan ng mga Epicureano. Ito rin ay isang sipi mula sa Isaias 22:13(cf. Isaias 56:12; Lucas 12:19). Ito ay katulad sa kasalukuyang kasabihan, "Minsan ka lamang maglalakbay sa buhay, kaya gawin mo na ang lahat nang gusto mong gawin!" Ngunit, paano kung may muling pagkabuhay? Paano kung haharap tayo sa isang Banal na Diyos upang magbigay-sulit sa kaloob ng buhay (cf. Daniel 12:2)?!

**15:33 "Huwag kayong padaya"** Ito ay isang kabaliktarang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS. Ang iglesiya sa Corinto ay inaakay sa pagkakaaligaw ng bulaang teolohiya (cf. 6:9).

▣ **"Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali"** Ito ay tila isang sipi mula sa ang Griyegong propeta, Menander's *Thais*, na kaugnay sa isang patutot. Ang ilang mga pangkat sa Corinto ay ipinagmamalaki ang kanilang (1) Greko-Romanong pinagmulan o (2) seksuwal na kalayaan. Pinatitindi ni Pablo ang kanilang mga pag-uugali sa pamamagitan ng pagsipi mula sa kanilang sariling mga pilosopo (cf. vv. 32 at 33). Si Pablo ay lumaki sa Tarso, na tanyag para sa kanyang mga paarala ng Griyegong pilosopiya (cf Mga Gawa 17:28 at Tito 1:12). Siya ay naturuang natatangi sa rabinikong Judaismo at sekular na Griyegong kaisipan.

▣ **"sumisira"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:42.

**15:34**
**NASB** **"maging mahinahon"**
**NKJV** **"gumising sa katuwiran"**
**NRSV** **"dumating sa isang mahinahon at matuwid na isipan"**
**TEV** **"bumalik sa inyong mga tamang kaunawaan"**
**NJB** **"dapat na gumising mula sa pagkatuliro"**

Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ito ay tila nangangahulugang, "dumako sa iyong mga kaunawaang moral minsan at para sa lahat."

▣ **"huwag mangagkasala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang nagpapatuloy na pagkilos. Ito ay maliwanag na silang itinanggi ang muling pagkabuhay ay nabubuhay sa walang Diyos na pamumuhay. Si Pablo ay gumagamit ng kanilang kawalang-kamatayan bilang isang paraan upang maipakita ang depekto ng katotohanan ng kanilang teolohikong pagsasaysay (i.e., walang muling pagkabuhay).

▣ **"walang pagkakilala sa Diyos"** Sa Ingles ito ay ang terminong "agnostic." Ito ay isang tusong nanunuyang puna sa kanila na itinataas nang labis ang kaalaman. Ang kanilang teolohiya at mga pagkilos ay maliwanag na nagpapakita na sila ay walang tunay na kaalaman!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:35-41

**35 Datapuwat sasabihin ng iba, Paanong muling bubuhayin ang mga patay? at anong anyo ng katawan ang
iparirito nila? 36 Ikaw na mangmang, ang inyong inihahasik ay hindi binubuhay maliban na kung mamatay: 37 At ang
iyong inihahasik ay hindi mo inihahasik ang katawang lilitaw, kundi ang butil lamang, na marahil ay trigo, o ibang
bagay; 38 Datapuwat ang Diyos ay nagbibigay ng katawan dito ayon sa kaniyang minagaling, at sa bawat binhi ay ang
sariling katawan. 39 Hindi ang lahat ng laman ay magkasing-isang laman: kundi may *laman* sa mga tao, at ibang laman
sa mga hayop, at ibang laman sa mga ibon, at ibang laman sa mga isda. 40 Mayroon namang mga katawang ukol sa
langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwat iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at ang *kaluwalhatian* ng iba
ang ukol sa lupa. 41 Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng
mga bituin; sapagkat ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian.**

**15:35 "sasabihin ng iba"** Ito ay paggamit ni Pablo ng isang pampanitikang pamamaraan na tinawag na diatribe. Ang ganitong katanungan/kasagutang anyo ay makikita rin sa OT sa Malakias at sa NT sa taga-Roma at I Juan. Ang paksa ng pampanitikang gawa ay dinadala sa isang pag-uusap sa pagitan ng manunulat at ispinagmulangakalang tagatutol. Dito, ang pangangatuwiran ay kumikilos sa di-gaano karaming iba't-ibang paksa. Una, ilan sa mga naghihiwalay na pangkat ay itinatanggi ang muling pagkabuhay ni Kristo at sa gayon ang muling pagkabuhay ng lahat ng mga mananampalataya. Ngayon, si Pablo ay nagpapahayag sa kanilang nag-uusisa sa anyo ng muling pagkabuhay katawan.

▣ **"anong anyo ng katawan ang iparirito nila"** Ang isa sa pinagmulan ng tunggalian patungkol sa isang muling nabuhay na katawan ay nagmula sa pasalungat na pananaw ng pisikal na katawan sa ilang mga paaralan ng Griyegong pilosopiya. Ang mga Griyego ay kadasalang tinitingnan ang mga bagay bilang masama (i.e., Gnosticismo) at ang mas masama, ang pisikal na katawan bilang bilangguang-bahay ng walang hangang banal na kislap o kaluluwa sa loob ng lahat mga tao. Ang pangkultura/ pilosopikong kaligiran ay nagmula sa tuwirang tunggalian sa Hebraikong (i.e., Pharisaiko) kaligiran ni Pablo sa panindigian ng isang pisikal na katawang buhay pagkatapos ng buhay na ito.

**15:35-41** Si Pablo ay gumagamit ng isang kalipunan ng mga paglalarawan na nagpapakita ng pagpapatuloy, at gayunman pagkakaiba, sa pagitan ng ang pisikal na katawan at ang espirituwal na katawan.

1. binhi laban sa malagong halaman, v. 37
2. pantao laban sa panghayop na laman, v. 39
3. makalangit na katawan laban sa makalupang mga katawan, v 40
4. mga liwanag sa gabi laban sa liwanag ng Araw, v. 41

**15:36 "Ikaw na mangmang"** Ang mga taong nag-aangkin na kilala nila ang Diyos, ngunit nag-iisip at kumikilos nang di-nararapat na paraan ay kadasalang makikilala bilang mahing mag-isip! Ang mga panunuyang pagpuna ni Pablo, lubhang madalas sa I at II taga-Corinto, ay nagpapahayag ng ganitong uri ng tao. Sila ay lubhang nagtitiwala na sila ay nagtataglay ng kaalaman na hindi nila nakikita o nakikilala ang totoong kaalaman!

## NATATANGING PAKSA: MGA TERMINO PARA SA MGA HANGAL NA TAO

Mayroong isang sinusundan sa paggamit ng pagtugon sa kasinungalingan sa OT Hebreo.

1. *kesil* – na nagpapahiwatig ng isang pagtitiwala sa sarili sa Panitikang Pangkarunungan (e.g., Kawikaan 17 at 26; Ecclesiastes 7)
2. *evil* – na nagpapahiwatig ng isang kakayahanang mental na ginagamit din sa halos lahat ng ng Panitikang Pangkarunungan (e.g., Isaias 29:11; 35:8; Osea 9:7)
3. *nabal* – na nagpapahiwatig ng isang tao na walang laman ang ulo (e.g., Deuteronomio 32:6,21; II Samuel 3:33; 13:13; Mga Awit 14:1; 53:1; Jeremias 12:11)
4. *sakal* – na nagpapahiwatig ng isang taong matigas ang ulo (e.g., I Samuel 26:21; Ecclesiastes 2:19; 10:3,14)

Si Hesus ay gumamit ng tatlong mga salita upang ilarawan ang mangmang na mga tao.
1. *aphrōn,* Lucas 11:40; 12:20
2. *anoētos*, Lucas 24:25
3. *mōros*, Mateo 5:22; 23:17,19

Ang pinakamalakas na pahayag ni Hesus patungkol sa paggamit sa isang paglalarawan ng isang tao sa isa pa ay nasa Mateo 5:22, kung saan ang *mōros* ay naglalarawan ng Aramaikong salitang *raca*, na nangangahulugang walang kakayahang mabuhay.

Si Pablo ay sumunod sa OT at kay Hesus sa paggamit ng maraming mga termino upang ilarawan ang mangmang na mga tao.
1. *aphrōn*, I taga-Corinto 15:36; II taga-Corinto 11:16,19; 12:6,11
2. *mōros*, I taga-Corinto 3:18; 4:10 at isang kaugnay na anyo sa taga-Roma 1:22

Ang mga taong nag-aangkin na kilala nila ang Diyos, ngunit nag-iisip at kumikilos nang di-nararapat na paraan ay kadasalang makikilala bilang mahing mag-isip! Ang mga panunuyang pagpuna ni Pablo, lubhang madalas sa I at II taga-Corinto, ay nagpapahayag ng ganitong uri ng tao. Sila ay lubhang nagtitiwala na sila ay nagtataglay ng kaalaman na hindi nila nakikita o nakikilala ang totoong kaalaman!

**15:37 "ang iyong inihahasik ay hindi mo inihahasik ang katawang lilitaw"** Muli, si Pablo sumusunod sa mga salita ni Hesus (cf. Juan 12:24). Ito ay ang paggaimit ng phenomenolohikong wika (i.e., ang paraang upang lumitay ang mga bagay sa limang mga kaunawaan). Ito ay hindi nangangahulugan na magkaroon ng isang sayantipikong pahayag, ngunit isang pang-agrikulturang talinghaga ng bagong buhay mula sa mahirap, tila patay, na mga binhi.

Ang terminong "maliban na" nagpapakilala ng isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaaring pagkilos.

▣ **"marahil"** Ito ay isang di-natapos na PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI (cf. 14:10). Si Pablo ay nagpapahayag maaari sa iba't-ibang uring ng binhing butil.

**15:39-40 "ibang. . .ibang"** Ang una, na ginamit nang apat na beses sa v. 39 at tatlong beses sa v. 41, ay *allos* at ang sumunod na "isa pa" ay ginamit tatlong beses sa v. 40 at ay *heteros*. Ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang ito ay maliwanag sa klasikong Griyego, ngunit halos nawala sa Koine Griyego. Sa kontekstong ito, ang pagkakaiba ay tila nanatili:
1. *allos*, isa pang katulad na uri (cf. vv. 39,41)
2. *heteros*, isa pang sa isang naiibang uri (cf. v. 40)

**15:40,41,43 "kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian at I taga-Corinto 2:7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:42-49

**42Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraang *katawan*; binubuhay na maguli na walang kasiraang *katawan*; 43Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay na maguli na may kapangyarihan: 44Itinatanim na may katawang ukol sa lupa; binubuhay na maguli na katawang ukol sa espiritu. Kung may katawang ukol sa lupa ay may katawang ukol sa espiritu naman. 45Gayon din naman nasusulat, Ang unang TAONG si Adan AY NAGING KALULUWANG BUHAY. Ang huling Adan *ay naging* espiritung nagbibigay buhay. 46Bagaman ang ukol sa espiritu ay hindi siyang una, kundi ang ukol sa lupa: pagkatapos ang ukol sa espiritu. 47Ang unang tao ay taga lupa na ukol sa lupa: ang ikalawang tao ay taga langit. 48Kung ano ang ukol sa lupa, ay gayon din naman silang mga taga lupa: at kung ano ang ukol sa langit ay gayon din naman silang taga langit. 49At kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa, ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit.**

**15:42-49** Ang Bibliya ay hindi tiyakan o lubusang nahahayag ang mga bagay nauugnay sa susunod na buhay. Maaaring dahil sa wala tayong kakayahan sa ating napahamak, pansamantala, pang-lupang kalalagayan upang maunawaan ang mga ito. Ang talatang ito ay tinatalakay ang muling pagkabuhay na katawan sa paghahambing ito sa panglupang katawan. Ngunit, patuloy na ito ay hindi eksakto. Ang lahat ng maaaring masabi ay ang ting mga bagong katawan ay ganap na maihahanda para sa buhay, pagkikipag-ugnayan, pagsamba, at paglilingkod saating Diyos sa bagong panahon. Sa liwanag nito, ang tiyak na anyo ay di-mahalaga (cf. taga-Filipos 3:21; I Juan 3:2).

**15:42**
**NASB, NRSV,**
**NJB "may kasiraan. . .walang kasiraan"**
**NKJV "masisira. . .di-masisira**
**TEV "mortal. . .imortal"**

Kadalasang ang terminong ito ay ginamit sa katulad na konteksto gaya ng kasalungat ng kapaliktaran (cf. taga-Roma 1:23; I taga-Corinto 9:25; 15:50,53). Pansinin na ang kaagapay na pag-iiba sa pagitan ng ating maka-lupang pisikal na katawan at ating makalangit na walang hangang mga katawan.

1. nasisira laban sa di-nasisira, vv. 42,50
2. kahihiyan laban sa kaluwalhatian, v. 43
3. kahinaan laban sa kapangyarihan, v. 43
4. natural na katawan laban sa espirituwal na katawan, v. 44
5. unang Adan laban sa huling Adan, v. 45
6. larawan ng maka-lupa laban sa larawan ng makalangit, v. 49

## NATATANGING PAKSA: WASAKIN, GIBAIN, PASAMAIN (*PHTHEIRŌ*)

Ang pangunahing kahulugan ng salitang *phtheirō* ay wasakin, gibain, pasamain o sirain. Ito ay maaaring gamitin para sa

1. pagkawasak sa pananalapi (maaaring sa II taga-Corinto 7:2)
2. pagkawasak na pisikal (cf. I taga-Corinto 3:17a)
3. kasamaang moral (cf. taga-Roma 1:23; 8:21; I taga-Corinto 15:33,42,50; taga-Galacia 6:8; Pahayag 19:2)
4. panunuksong sekswal (cf. II taga-Corinto 11:3)
5. walang hanggang pagkawasak (cf. II Pedro 2:12,19)
6. pawala nang tradisyon ng mga tao (cf. taga-Colosas 2:22; I taga-Corinto 3:17b)

Kadalasang ang mga salitang ito ay ginagamit sa katulad na konteksto itinangging kabaligtaran nito (cf. taga-Roma 1:23; I taga-Corinto 9:25; 15:50,53). Pansining ang mga magkaagapay na kabaliktaran sa pagitan ng ating mga pisikal na katawan at ating makalangit na walang hanggang mga katawan.

1. Nasisira laban sa di-nasisira, I taga-Corinto 15:42,50
2. Kahihiyan laban sa kaluwalhatian, I taga-Corinto 15:43
3. Kahinaan laban sa kapangyarihan, I taga-Corinto 15:43
4. Likas (natural) na katawan laban sa espiritwal na katawan, I taga-Corinto 15:44
5. unang Adan laban sa huling Adan, I taga-Corinto 15:45
6. larawang maka-mundo laban sa larawang maka-langit, I taga-Corinto 15:49

**15:43 "kahinaan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

**15:44 "kung"** Ang United Bible Societies, *Handbook on Paul's First Letter to the Corinthians* ay nagsasabing ito ay hindi isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, ngunit isang pahayag ng katotohanan (cf. p. 361). Gayunman, si A. T. Robertson sa *Word Pictures in the New Testament* ay nagpapahayag na ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI (cf. p. 197). Ang Gramatika ay hindi isang agham.

**15:45 "Ang unang taong si Adan"** Ito ay isang sipi mula sa Genesis 2:7. Ang pagbanggit ni Hesus kay Adan (cf. Mateo 19:4; Marcos 10:6; Lucas 3:38) ay nagpapakita ng kanyang pagkamakasaysayan. Ipinagpapalagay ni Hesus ang pagkasira sa isang paunang tambalan na nagngangalang Adan at Eba. Ang paggamit ni Pablo ni Adan-Kristong tipolohiya, kapwa dito at sa taga-Roma 5:17-21, ay nangangailangan ng isang natatanging paglilikha kina Adan at Eba. Ito ay maaaring isang nahuling paglalang (tingnan ang aking komentaryo sa Genesis 1-11 (sa internet sa www.freebiblecommentary.org) , kung saan aking tinitindigan ang isang lumang mundo, ngunit isang kamakailan lang na paglikha ng Eden), ngunit ito ay tila para akin ay isang natatanging paglalang.

▣ **"Ang huling Adan ay naging espiritung nagbibigay buhay"** Ito ay kailangang tumutukoy sa ang muling pagkabuhay ni Hesus. Ito ay hindi nangangahulungan ng pagtanggi sa isang pisikal na aspeto sa pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng muling pagkabuhay, ngunit upang ipag-iba sa unang Adan, na ang mga pagkilos ay nagdulot ng kamatayan, sa huling Adan, na ang mga pagkilos ay nagduloy ng buhay, walang hangang buhay, muling pagkabuhay na buhay! Ito ay isang halimbawa ng Adan-Kristong tipolohiya (cf. taga-Roma 5:12-21; I taga-Corinto 15:21-22,45-49; taga-Filipos 2:6-8).

▣ **"isang espiritung nagbibigay buhay"** Ito ay isang mabuting halimbawa ng kahirapan sa ilang mga konteksto sa pag-alam kung ang "espiritu" ay dapat na isang maliit na "s" (cf. taga-Roma 8:9; II taga-Corinto 3:3; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11). Ang Bibliya ay gumagamit ng terminong *pneuma* sa maraming iba't-ibang ang mga talata. Tingnan ang Natatanging Paksa: *Pneuma* sa 12:1.

**15:46** Ito ay hindi isang ontolohikong pahayag, ngunit isang pansamantalang pahayag na kaugnay sa unang Adan at ang ikalawang Adan (cf. v. 47). Ang pisikal na pantaong buhay ay mauuna sa espirituwal na buhay!

**15:47 "ang ikalawang tao ay taga langit"** Mayroong maraming mga karagdagan sa pariralang ito sa mga Griyegong manuskrito. Karamihan sa kanila ay isang pagtatangka sa pagpapatingkad na si Hesus ay taong tulad ni Adan, ngunit higit na tao. Si Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scriptures*, pp. 94-95, ay nag-iisip na ang mga pagbabagong ito ay isang bunga ng mga pang-doktrinang pagtatalo sa loob ng iglesiya sa panahon na ang mga mga manuskrito ay sinisipi pa lamang. Kanyang inimumungkahi na ang mga karagdagan ay mga maka-layunin, teolohikong pagbibigay-linaw sa bahagi ng orthodox na mga eskriba.

**15:49 "kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa"** Ang tekstong ito ay makikita sa sinaunang Griyegong mga manuskrito $P^{46}$, א, A, C, D (i.e., AORIST TAHAS NA PASAKALI). Ang konteksto ay tila tumutuon sa teksto ng sinaunang Alexandrian manukrito B, which ay, "Tayo ay magtataglay..." (i.e., PANGHINAHARAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG). Kapwa ang mga Griyegong salita ay binibigkas nang magkatulad. Ang sinaunang mga manuskrito ay kadasalang sinisipi sa isang panahon ng isang taong binabasa ang teksto nang malakas at maraming mga lalaki ay gumagawa ng naisulat na mga sipi. Sa teolohiya, ang PANGHINAHARAP NA MAY PAHIWATIG ay mas kanais-nais. Ang ibang MGA PANDIWA sa konteksto ay PANGHINAHARAP NA. Ito ay isang paglalarawang konteksto, hindi hortatibo (i.e., pagtatagubilin na kumilos).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:50-57

**[50]Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Diyos; ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan. [51]Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, ngunit tayong lahat ay babaguhin, [52]Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng trumpeta: sapagkat tutunog ang trumpeta, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. [53]Sapagkat kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. [54]Datapuwat pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, NILAMON NG PAGTATAGUMPAY ANG KAMATAYAN. [55]SAAN NAROON, OH KAMATAYAN, ANG IYONG PAGTATAGUMPAY? SAAN NAROON, OH KAMATAYAN, ANG IYONG TIBO? [56]Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan; at ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan: [57]Datapuwat salamat sa Diyos, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo.**

**15:50 "ang laman at ang dugo"** Ito ay isang talinghaga para sa sangkatauhan (cf. Mateo 16:17; taga-Galacia 1:16; taga-Efeso 6:12; Hebreo 2:14).

▣ **"makapagmamana"** Ito ay isang pamilyang talinghaga na naglalarawan sa atin na palagiang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Sa OT ang mga Levita ay hindi tumanggap ng malalaking minanang lupain (tanging 48 na Levitikong lungsod), kaya sila ay sinasabing tinataglay si YHWH bilang kanilang pamana. Ang NT ay sinasalin ito (na gaya ng ginagawa nito sa maraming mga gawain ng saserdote) sa lahat ng mga mananampalataya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Mamanahin ng mananampalataya sa 6:9.

▣ **"ang kaharian ng Diyos"** Tingnan ang tala sa 15:24.

**15:51 "hiwaga"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: PLANO NG DIYOS SA KATUBUSAN, "HIWAGA"

Ang Diyos ay pinagkaisang layunin para sa katubusan ng sangkatauhan kahit na bago pa ang pagkahulog (cf. Genesis 3). Ang mga pahiwatig ng planong ito ay naihayag sa OT (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; at ang pagkalahatang mga talata sa mga propeta). Gayunman, ang buong pakay na ito ay hindi pa maliwanag (cf. I taga-Corinto 2:6-8). Sa pagdating ni Hesus at ang Espiritu ito ay nagsisimula nang maging mas maliwanag. Ginamit ni Pablo ang salitang "hiwaga" upang ilarawan ang kabuuang pangkatubusan na planong ito (cf. I taga-Corinto 4:1; taga-Efeso 6:19; taga-Colosas 4:3; I Timoteo 1:9). Gayunman, ginamit niya ito sa maraming magkakaibang kaunawaan:

1. Isang bahagyan pagpapatigas ng Israel ang nagpahintulot sa mga Hentil na maisama. Ang pagdagsang ito ng mga Hentil ay gaganap bilang isang kaparaanan para sa mga Hudyo upang tanggapin si Hesus bilang ang Kristo ng propesiya (cf. taga-Roma 11:25-32).
2. Ang ebanghelyo ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa, na kung saan ang lahat ng kasama kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 16:25-27; taga-Colosas 2:2).
3. Ang bagong katawan ng mga mananampalataya sa Pangalawang Pagdating (cf. I taga-Corinto 15:5-57; I taga-

Tesalonica 4:13-18).
4. Ang pagwawakas ng lahat ng bagay kay Kristo (cf. taga-Efeso 1:8-11).
5. Ang mga Hentil at mga Hudyo ay kasamang taga-pagmana (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).
6. Ang malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Kristo at ng Iglesiya ay inilarawan sa mga pangkasal na mga salita (cf. taga-Efeso 5:22-33).
7. Ang mga Hentil ay isinama sa bayan ng kasunduan at nananahan sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo upang magbunga ng paglagong katulad kay Kristo, ito ay, pagpapanumbalik ng nasirang larawan ng Diyos sa nalugmok sangkatauhan (cf. Genesis 6:5,11-13; 8:21) ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6; taga-Colosas 1:26-28).
8. Ang Anti-kristo sa huling panahon (cf. II taga-Tesalonica 2:1-11).
9. Ang buod ng hiwaga sa mga unang iglesiya ay matatagpuan sa I Timoteo 3:16.

▣ **"tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin"** Ito ay tila nagpapahayag na mayroong mga Kristiyanong buhay pa sa Ikalawang Pagdating (cf. I taga-Thesalonica 4:13-18). Ang pagtulog ay isang biblikal na euphemismo para sa kamatayan.

Inaasahan ba ni Pablo buhay pa siya sa Ikalawang Pagdating o ito ay isang editoryal na "tayo" (nabubuhay sa pagbalik ni Hesus, I taga-Corinto 15:51-52; I taga-Thesalonica4:15,17 o pagkabuhay sa pagbabalik ni Hesus, I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; 5:1-10)? Tulad ng lahat NT mga may-akda at si Hesus, siya ay tila inaasahan ang isang nalalapit na pagdating ng naluwalhating Kristo. Ngunit tanging ang Ama ang nakakaalam ng oras (cf. Mateo 24:36; Marcos 13:32; Mga Gawa 1:7). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay bawat araw sa liwanag ng pag-asa ng Ikalawang Pagdating, ngunit magplano at magsanay para sa gawain ng kaharian activities na parang ito ay mapapagliban.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANUMANG-PANAHAONG PAGBABALIK NI HESUS LABAN SA ANG HINDI PA (NT NA KABALINTUNAAN)

I. Ang Bagong Tipan na eskatolohikal na mag sipi ay nagpapakita ng Lumang Tipan propetikong kaunawaan na tumingin sa pangwakas na panahong sa pamamagitan ng pangkasalukuyang mga pangyayari.

II. Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21 ay napakahirap na maipaliwanag sapagkat sila ay tumatalakay sa ilang mga katanungan ng sabay-sabay.
   1. kailan ang Templo mawawasak?
   2. ano ang tanda ng pagbabalik ng Mesias?
   3. kailan magwawakas ang panahon na ito (cf. Mateo 24:3)?

III. Ang dyanra ng Bagong Tipan g eskatolohikal na mga sipi ay madalas na isang kombinasyon ng apokaliptiko at propeteking wika na puno ng layuning kalabuan at labis na simboliko.

IV. Ilang mga sipi sa NT (cf. Mateo 24, Marcos 13, Lucas 17 at 21, I at II taga-Tesalonica at Pahayag) ay tumalakay sa Ikalawang Pagdating. Ang mgasiping ito ay nagbibigay-diin sa:
   1. ang eksaktong oras ng pangyayari ay di-nalalaman, ngunit ang pangyayari ay tiyak
   2. malalaman natin ang pangkalahatang oras, ngunit hindi ang partikular na oras., ng mga pangyayari
   3. ito ay biglang mangyayari at hindi inaasahan
   4. dapat tayong maging mapanalagini, handa, at matapat sa nakatalagang mga tungkulin .

V. Mayroong isang teolohikal na kabalintuaang tensyon sa pagitan (1) ang anomang panahong pagbabalik (cf. Lucas 12:40,46; 21:36; Mateo 24:27,44) at (2) ang katotohanan na ang ilang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat na lumitaw.

VI. Ang NT ay nagsasabi na ilang mga pangyayari ay lilitaw bago ang Ikalawang Pagdating:
   1. Ang Ebanghelyo ay naipangral sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
   2. ang matinding apostasya (cf. Mateo 24:10-13, 21; I Timoteo 4:1; II Timoteo 3:1ff.; II taga-Tesalonica 2:3)
   3. ang kapahayagan ng "lalake ng kasalanan" (cf. Daniel 7:23-26; 9:24-27; II taga-Tesalonica 2:3)
   4. pagtatanggal ng /siyang nagpipigil (cf. II taga-Tesalonica 2:6-7)
   5. muling pagsigla ng mga Hudyo (cf. Zacarias 12:10; taga-Roma 11)

VII. Lucas 17:26-37 ay hindi kahanay ng Marcos. Ito ay sadyang mayroong bahagyang Sinoptikong pagkahanay sa Mateo 24:37-44.

**15:52 "Sa isang sangdali"** Nakuha natin ang Ingles na "atom" mula sa Griyegong termino, na nangahulugang "di mahahati."

▣ **"sa isang kisap-mata"** Ito ay ginamit ng pagkislap ng isang bituin o ang mabilis na paggalaw ng mga pakpak ng niknik. Ang implikasyon ng dalawang terminong ito ay ang pagbalik ni Hesus ay magaganap nang napakabilis minsang ito ay magsimula. Walang panahon para sa huling mga panalangin.

▣ **"sa huling pagtunog ng trumpeta"** Ito ay isang OT na paraan sa pagpapaalam ng mga pangyayari sa mga huling araw s pamamagitan ng *shophar* (i.e., kaliwang sungay ng tupa, cf. Isaias 27:13; Zech. 9:13; Mateo 24:31; I taga-Thesalonica 4:16).

Ito ay tiyak na ang trumpeta ay isang talinghaga para sa tinig ng Diyos (cf. Exodo 19:16,19; 20:18; Pahayag 1:10), ginagamit din sa mga tinig ng mga propeta (cf. Isaias 58:1; Hebreo 12:19).

## NATATANGING PAKSA: MGA SUNGAY NA GINAMIT NG ISRAEL

Mayroong Apat na mga salita sa Hebreo iuugnay sa mga sungay/trumpeta:

1. "ang sungay ng tupa" (BDB 901) – ginawang instrumento ng tunog, cf. Joshue 6:5. Ang kaparehong salita ay ginamit para sa tupa kinuha ang kanyang mga sungay kung si Abraham ay pinanghalili para kay Isaac sa Genesis 22:13.
2. "trumpeta" (BDB 1051) – mula sa Assyrian terminong para sa tupang ligaw (ibex). Ito ay ang sungay na ginamit sa Exodo 19:16,19 sa Mt. Sinai/Horeb. #1 at #2 ay kahanay sa Josue 6:5. Ito ay ginamit sa pakikipagkomuniskasyon sa panahon ng pagsamba at panahon ng pakikipaglaban (i.e., Jericho ay pareho, cf. Josue 6:4).
3. "sungay ng tupa" (BDB 385) – mula sa salita ng Phoenician para sa Tupa (cf. Josue 6:4,6,8,13). Ito rin ay sumasagisag sa Taon ng Jubilee (cf. Levitico 25:13,28,40,50,52,54; 27:17,18,23,24).

(Lahat ng mga unang tatlo ay tila walang mga distinksyong intensyon. Ang Mishnah (RH 3.2) ay pinahintulutan ang anumang sungay ng hayop—tupa, kambing, o antilope, ngunit hindi mula sa isang baka.)

4. "mga trumpeta" (BDB 348) – posibleng mula sa PANDIWA "iunat," nagpapahiwatig ng isang derestong buto (hindi kurbado na gaya ng sa mga sungay ng hayop). Ang mga ito ay gawa sa mga pilak ( galing sa hugis at anyo ng Ehipto) Ang mga ito ay ginamit:
   a. na may kasamang mga ritwal na pagsamba (cf. Bilang 10:2,8,10; Ezra 3:10; Nehemias 12:35,41)
   b. para sa pangmilitar na mga layunin (cf. Bilang 10:9; 31:6; Oseas 5:8)
   c. para sa maharlikang mga layunin (cf. II Hari 11:14)

Isa sa mga metal na sungay na ito ay inilarawan sa Arko ni Tito sa Roma; gayundin siJosephus ay inilarawan sila sa *Antiq*. 3.12.6.

**15:54** Ito ay isang sanggunian sa Isaias 25:8, na binabanggit din sa Mateo 5:11; I Pedro 4:14; Pahayag 7:17; 21:4. Ang mga talatang 54 at 55 ay maliwanag na paraan ni Pablo sa panunuya sa huling matinding kaaway ng sangkatauhan—ang kamatayan, na lubusang malulupig sa muling pagkabuhay ni Kristo mula sa mga patay at ang Kanyang mga tagasunod na nakalaya na sa kaparusahang mula sa kasalanan at sa paghihintay sa isang tiyak na muling pagkabuhay ng kanilang mga sarili.

**15:55** Ito ay isang sanggunian sa Oseas 13:14, na binabaliktad ang kaayusan sa pamamagitan ng pagsipi ng Septuagint. Karamihan sa mga sipi sa OT ng NT ay mula sa Griyegong salin ng OT. Ito ang Bibliya ng unang siglong iglesiya.

**15:56** Sa talatang ito Pablo ay nagpapahayag na ang nasirang kaugnayan ng sangkatauhan sa Diyos ay dulot ng kasalanan (cf. Genesis 3; taga-Roma 2-3). Ang paghihimagsik na ito ay nagdulot sa atin ng nahiwalay na damdamin mula sa Iisang lumikha sa atin para sa Kanyang sarili.

Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang kinusang paggawa ng di-pagsunod. Ang terminong "kautusan" ay hindi tumutukoy sa ang Kautusan ni Moises, ngunit sa mga pagbabawal ng Diyos sa pangkalahatan. Tayo ay may dungis, ngunit ang Diyos ay piniling ipanumbalik ang pakikiugnayan sa pamamagitan ni Kristo. Kung ano ang winasak ng kasalanan, ipinanumbalik ni Kristo (i.e., ang palagiang pakikipag-ugnayan sa Diyos; ang napinsalang larawan ay isinaayos).

**15:57 "salamat sa Diyos"** Ito ay nagpapaalaala sa aking sa pag-iyak ni Pablo sa taga-Roma 6:17 at 7:25. Ito ay pagpapauna sa dakilang talinghaga ni Pablo sa isang matagumpay na martsa sa Roma sa II taga-Corinto 2:14, gayundin sa kanyang pagbubulalas ng pasasalamat sa II taga-Corinto 9:15. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpuri, Panalangin, at Pasasalamat ni Pablo sa II taga-Corinto 2:14.

▣ **"pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo"** Ang lahat ng espirituwal na tagumpay nagmumula kay Kristo at kay Kristo lamang! Ito ay dumating na! Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa liwanag buo at ganap na tagumpay ni Kristo!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:58

[58]**Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon.**

**15:58** Si Pablo ay winakasan ang kamangha-manghang teolohikong pagtalakay ng muling pagkabuhay na may praktikal na pastoral na pagbibigay lakas para sa pangangailangan ng di-pabago-bago at pagtitiyaga sa ating araw-araw na Kristiyanong pamumuhay. Ang buhay na walang-hangan ay may mga nakikitang katangian! Mayroong isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na sinusundan ng dalawang MGA KATAGA na ginamit bilang MGA PAUTOS. Ito ay may kahalagahan sa lahat kapag nakita natin Siya

at pinapasok sa Kanyang walang hangang Kaharian!

▣ **"umasagana"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 2:7.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang apat na mga aspeto ng Kristiyanong buhay na matatagpuan sa vv. 1 at 2.
2. Itala ang pangunahing mga aral ng ebanghelyo na matatagpuan sa vv. 3 at 4.
3. Bakit itinuring ni Pablo ang kanyang sarili bilang pinakahuli sa mga Apostol?
4. Ano ay batayan ng mga miyembro ng iglesiya sa Corinto sa pagtanggi sa muling pagkabuhay.
5. Ano ay ang Adan-Kristo tipolohiya?
6. Ano ang ibig-sabihin na mabautismuhan sa mga patay?
7. Ang atin bang mga katawan sa muling pagkabuhay ay humanoid?

# I MGA TAGA-CORINTO 16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tulong para sa mga Banal | Mga Pagkakaloob para sa mga Banal | Mga Huling Mensahe | Ang Kaloob par sa Nanganga-ilangang mananampalataya | Mga Pagpuri, Mga Pagbati |
| 16:1-4 | 16:1-4 | 16:1-4 | 16:1-4 | 16:1-4 |
| Mga Plano sa Paglalakbay | Mga Pansariling Plano | | Mga Plano ni Pablo | |
| 16:5-9 | 16:5-12 | 16:5-9 | 16:5-7 | 16:5-9 |
| | | | 16:8-9 | |
| 16:10-11 | | 16:10-11 | 16:10-11 | 16:10-12 |
| 16:12 | | 16:12 | 16:12 | |
| Ang Huling Pakiusap at Mga Pagbati | Mga Huling Pagtatagubilin | | Mga Huling Pananalita | |
| 16:13-14 | 16:13-18 | 16:13-14 | 16:13-14 | 16:13-14 |
| 16:15-18 | | 16:15-18 | 16:15-16 | 16:15-18 |
| | Mga Pagbati at isang Taimtim na Pamamaalam | | 16:17-18 | |
| 16:19-20 | 16:19-24 | 16:19-20 | 16:19-20a | 16:19-20 |
| | | | 16:20b | |
| 16:21-24 | | 16:21-24 | 16:21 | 16:21 |
| | | | 16:22a | 16:22 |
| | | | 16:22b | |
| | | | 16:23 | 16:23 |
| | | | 16:24 | 16:24 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

## PANIMULA

A. Ang kabanata 15 ay isang lubhang maunlad na teolohikong pangangatuwiran na pumapatungkol sa katotohanan ng muling pagkabuhay, habang kabanata 16 ay nauugnay sa araw-araw na praktikal na Kristiyanismo. Si Pablo ay walang suliranin sa pagkilos sa pagitan ng katotohanan at buhay. Sila ay dapat na magkasama. Ang ganitong uri ng biglaang pagpapalit mula sa isang paksa patungo sa isa pa ay nagpapakilala sa mga sulat ni Pablo.

B. Maikling Balangkas:
   1. vv. 1-4, paglilikom para sa mahihirap sa Judea
   2. vv. 5-9, pansamantalang mga plano sa paglalakbay sa Corinto
   3. vv. 10-12, ibang mga Kristiyanong manggagawa
   4. vv. 13-18, pangwakas na mga pagpapaalala
   5. vv. 19-24, mga pangwakas na pagbati

C. Ang ugnayan ni Pablo kina Aquila at Prisca:
   1. Sila ay mga Hudyong gumagawa ng tolda (o mga gumagawa ng balat) sa Roma. Ang kautusan ni Claudio noong A.D. 49-50, ang nagbawal sa lahat ng mga kagawian sa Hudyong pagsamba (na sa yugtong ito ay kasama ang mga gawain sa activities, ay sapilitan silang pinalipat.
   2. Nagtagpo sila ni Pablo sa Corinto, Mga Gawa 18:2.
   3. Sila ay lumipiat kinalaunan sa Efeso at nagsimula ng isang bahay-iglesiya, I taga-Corinto 16:19.
   4. Sila ay bumalik sa Roma nang si Claudio ay mamatay noong A.D. 54 at ang kautusan ay napawalang-bisa, taga-Roma 16:6.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:1-4

**[1]Ngayon tungkol sa ambagan sa mga banal, ay gawin din naman ninyong gaya ng iniutos ko sa mga iglesiya ng Galacia. [2]Tuwing unang araw ng sanglinggo ang bawat-isa sa inyo ay magbukod na magsimpan, ayon sa kaniyang iginiginhawa, upang huwag nang gumawa ng mga ambagan sa pagpariyan ko. [3]At pagdating ko, ang sinomang inyong mamagalingin, ay sila ang aking susuguin na may mga sulat upang makapagdala ng inyong abuloy sa Herusalem: [4]At kung nararapat na ako naman ay pumaroon, sila'y isasama ko.**

**16:1 "Ngayon tungkol sa"** Ang *"Peri de"* ay isang Griyegong pariralang na ipinapakilala ang mga kasagutan ni Pablo sa mga tanong na ipinadala ng iglesiya sa Corinto kay Pablo (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12).

**"ambagan"** *Logia* ay isang terminong na matatagpuan sa Griyegong papyri sa Ehipto bilang isang kaloob na salapi para sa isang pangrelihiyong layunin, ngunit hindi nauugnay sa isang karaniwang buwis (cf. Moulton, Milligan, *The Vocabulary of Greek Testament*, p. 377). Ang pagmamalasakit na ito para sa mahihirap sa Judea ay unang binanggit ni Pablo sa isang pakikipag-usap kasama sina Santiago, Pedro, Juan, at Bernabe sa taga-Galacia 2:10; 6:10. Ang mismong pagkakaloob na ito ay sinimula ng iglesiya saAntioch kung saan sina Pablo at Bernabe ay naglingkod, Mga Gawa 11:27-30. Ang pagkakaloob na ito ay binanggit sa maraming mga aklat sa NT (cf. taga-Roma 15:26; II taga-Corinto 8-9; I taga-Corinto 16:1). Ito ay isang pagtatangka na ikintal ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Hebreong pinanggalingan iglesiya at ang mga Hentil na iglesiya.

Tinatawag ito ni Pablo ang ganitong minsang pag-aambagan sa maraming mga pangalan.
1. pagbibigay-limos (mga kaloob ng pagkakawanggawa), Mga Gawa 24:17
2. pakikipisan, taga-Roma 15:26,27; II taga-Corinto 8:4; 9:13
3. isang pagkakautang, taga-Roma 15:27
4. paglilingkod, taga-Roma 15:27; II taga-Corinto 9:12

**"sa mga banal"** "Mga banal" (*hogioi*) ay mula sa OT terminong "banal," (*kados*h) na nangahulugang "ihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos" (cf. I taga-Corinto 1:2; II taga-Corinto 1:1; taga-Roma 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Filipos 1:1; taga-Colosas 1:2). Ito ay palaging PANGMARAMIHAN sa NT maliban sa isang pagkakataon sa Filipos (4:21), ngunit kahit na dito, ito ay ginamit na panlahatan. Ang maligtas ay maging bahagi ng pangkasunduan komunidad ng pananampalataya, ang pamilya ng mga mananampalataya.

Ang mga tao ng Diyos ay banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Hesus (cf. taga-Roma 4; II taga-Corinto 5:21). Ito ay kalooban ng Diyos na sila ay mamuhay ng banal na pamumuhay (cf. 1:4; 4:1; 5:27; taga-Colosas 1:22; 3:12). Ang mga mananampalataya ay kapwa idineklarang banal (pangkalagayang pagpapaging-banal) at tinawag sa pamumuhay na may kabanalan (lumalagong pagpapaging-banal). Ang pagpapawalang-sala at pagpapaging-banal ay dapat na matatag na magkasama! Tingnan ang Natatanging Mga Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2 at Pagpapaging-banal sa I taga-Corinto 1:2.

▣ **"gawin din naman ninyong gaya ng iniutos ko sa mga iglesiya sa Galacia"** Hindi pinapakitunguhan ni Pablo nang kaiba ang iglesiya sa Corinto. Mayroong isang pamantayang pamamaraan (cf. 4:17; 7:17; 11:34; 14:33; Tito 1:5) sa ganitong pagkakaloob. Hindi natin alam kung papaano ito ipinahayag ni Pablo sa mga iglesiya sa Galacia. Sa katotohanan hindi natin tiyak kung anong mga iglesiya ang pinapatungkulan ng mga terminong ito. Ang ilan ay ipinagpapalagay na ito ay tumutukoy sa ang Romanong lalawigan habang habang ang iba ay ipinagpapalagay na ito ay sa isang wika o etnikong pangkat.

▣ **"mga iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2

**16:2 "Tuwing unang araw ng sanglinggo"** Ang ganitong huwaran sa pagsamba ay itinakda sa mga sinaunang pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng muling pagkabuhay sa Linggo ng gabi (cf. Juan 20:19,20). Ito ay lumago sa isang palagiang araw ng pagsamba para sa nagkakatipong iglesiya (cf. Mga Gawa 20:7; Pahayag 1:10). Ang Linggo ang unang araw ng paggawa ng linggo hanggang sa panahon ni Constantino (Emperador ng Emperyong Romano mula sa A.D. 306-337). Ang mga Kristiyano ay nagtitipon bago mga magtrabaho sa mga Linggo para sa pagsamba, pangangaral, at ang Hapunan ng Panginoon.

Ang mga Hudyong pamunuan ay muling binuo pagkatapos ng pagkahulog ng Herusalem noong A.D. 70 at pinasinayaan ang maraming mga pagbabago. Ang isa sa kanila ay isang panunumpa na sinusumpa at tinatanggihan sa Hesus bilang ang Mesias. Ang sinaunang mga mananampalataya ay nagtatagpo sa sinagoga sa Sabbath at kasama ang iglesiya sa Linggo. Gayunman, ang panunumpang ito ay nagpilit ng isang paghahati at ang mga mananampalataya ay ginawa ang Linggo na kanilang itinalagang araw ng pagsamba.

▣ **"ang bawat isa sa inyo ay magbukod na magsimpan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Ang tekstong ito ay tila nagpapahiwatig na yamang ang unang araw ng linggo ay darating, ang bawat indibidwal ay ilalagay ang kaloob sa isang ligtas na lugar sa tahanan, pagkatapos ay dadalhin sa iglesiya. Gayunman, ang katotohanan na ito ay sa Linggo ay nagpapahiwatig na kanilang nilalagak ang mga salaping nalilikom araw-araw sa lingguhang pagsambang paglilingkod (cf. Justin Martyr, *Apology* 1.67-68). Pansinin na ang maikling talatang ito kasama ng II taga-Corinto 8 at 9 ay nagbibigay sa atin ng mga panimulang patnubay para sa pagkakaloob sa NT: (1) palagi; (2) bilang may pagkauna; (3) kusang-loob; (4) may kagalakan; at (5) nauukol.

Ito ay nakakagulat na ang mga may-akda ng NT ay hindi tinalakay ang karaniwang Kristiyanong pagkakaloob. Ang mga salita ng pagbibigay-pag-asa ni Pablo at pamamaraan para sa minsanang kaloob ng Hentil na mga iglesiya sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem ay ang tanging mga patnubay na nauugnay sa paksang ito. Nauunawaan ng mga Kristiyano na sila ay mga mga may-ari ng walang anuman at mga katiwala ng lahat kanilang pinagkukunan. Ang kaunawaang ito ay linalampasan ang OT konsepto ng "pagbibigay ng ikapu." Ito ay tiyakan na iyong masasabi ang mga prayoridad isang tao sa kanyang libro ng tseka at kanyang kalendaryo! Ang Kristiyanong pagkakaloob ay isang isyu ng isang nag-uumapaw na puso, hindi ng isang kalkulator!

## NATATANGING PAKSA: PAGKAKALOOB NG IKAPU

Ang Mateo 23:23 at Lucas 11:42 ay ang tanging NT sanggunian sa ikapu. Ako ay hindi naniniwala na ang NT ay nagtuturo ng ikapu sapagkata sa ang kabuuang tagpuan na ito ay laban sa "pagpulot ng lisat" na Hudyong legalismo at sariling pagmamatuwid. Ako ay naniniwala sa NT mga gabay para sa regular na pagbibigay (kung mayroon man) ang matatagpuan sa II Corinto 8 at 9, na lumalagpas ng higit sa pagbibigay! Kung ang isang Hudyo na ang tanging impormasyon sa OT ay ang inuutos na magbigay ng sampu hanggang tatlumpung porsyento (mayroong dalawa, o posibleng tatlo, kinakailangag mga ikapu sa OT), samakatuwid ang mga Kristyano ay dapat magbigay ng higit pa at hindi man lang magkaroon ng oras na talakayin ang mga ikapu!

Ang NT mga mananampalataya ay dapat na maging maingat na gawin ang Kristyanismo tungo sa isang legal na batay sa pagsasagawa koda (Kristyanong Talmud). Ang kanilang nais ay mapalugod ang Diyos ay nagdulot sa kanila na subukang maghanap ng mga gabay para sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Gayunpaman, sa teolohikal ito ay mapanganib na hugutin nag lumang tipanang alituntunin na hindi pinaninindigan sa NT (cf. Gawa15) at gawin silang dognatikong kriterion, lalo na kapag sila ay inangkin (ng mga modernong mangangaral) na nagdudulot ng kalamidad o nangangako ng kasaganann (cf. Malakias 3).

Narito ang isang mabuting sipi mula kay Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 292-293:

> "Ang Bagong Tipan ay hindi nagpapakila ng ikapu sa biyaya ng pagbibigay. Ang mga ikapu ay binagnggit lamang ng tatlong beses sa Bagong Tipan: (1) sa pagbabawal ng mga Fareseo para kaligtaan ang katarungan, habag, at pananampalataya habang ang pagbibigay ay masusing iniingatan sa pag-iikapu ng maging ang hardin ay makapamunga (Mateo 23:23; Lucas 11:42); (2) sa paglalantad ng mayabang na Fareso na 'nanalangin para sa kanyang sarili,'nagmamayabang na siya ay nag-aayuno ng dalawang beses ng isang linggo at nagikapu ng lahat ng kanyang ari-arian (Lucas 18:12); at (3) sa pakikipagtalo para sa pagiging superiyor ni Melchizedek, at kaya kay Christ, kay Levi (Hebreo 7:6- 9) Malinaw na si Hesus ay nag-aproba ng ikapu bilang bahagi ng Templong

sistema, gaya ng sa prinsipyo at praktis sinusuportahan Niya ang pangkalahatang pagsasagawa ng Templo at sinagoga. Ngunit walang indikasyon na ipinapataw Niya ang anumang bahagi ng kultura ng Templo para sa Kanyang tagasunod. Ang mga ikapu ay pangunahing pinakakakitaan, dati ay kinakain sa santwaryo sa pamamagitan ng isang ikapu at ang huli ay kinakain ng mga saserdote. Ang pag-iikapu ay itinakda sa Lumang Tipan ay madadala lamang sa relihiyosong sistema na itinatag sa paligid ng sistema ng pagsasakripisyo ng hayop.

Maraming mga Kristyano ang nakita ang ikapu bilang isang patas at gumaganang plano sa pagbibigay. Kaya habang ito ay hindi ginagawa na isang pamimilit o isang legalismong sistema, maaring mapatunayan na ito ay masayang plano. Gayunpaman, walang sinoman ang makakapagpatunay ng balidad na ang ikapu ay itinuturo sa Baging Tipan. Ito ay kinilala bilang ang nararapat para sa pagoobserba ng mga Hudyo (Mateo 23:23; Lucas 11:42), ngunit ito ay hindi ipinapataw sa mga Kristiyano. Sa katonayan, posiblen na ngayon para sa mga Hudyo o mga Kristyano na mag-ikapu sa Lumang Tipan na pakahulugan. Ang pag-iikapu sa ngayon ay malamyang kawangis ng sinaunang ritwal na praktis na nagmumula sa sakripisyal na sistema ng mga Hudyo.

Si Paul Stagg ay binuod ito:

> "Habang higit ang maaring sabihin para sa paghihiram sa ikapu ng kusang loob bilang ang pamantayan para sa pagbibigay ng sinoman ng walang matinding pagpapataw nito sa ibang mgatao bilang ang Kristyanong kinakailangan, ito malinaw na sa pag-aangkop ng gaya niyon ang isang tao ay hindi nadadala ang Lumang Tipan na pgawain. Sa pinakahalaga ang isang tao ay ginagawa ang isang bagay ng bahagyang analogo sa ikapung pagsasagawa ng Lumang Tipan, na isang suportang buwis sa Templo at saserdoteng sistema, isang panlipunan at panrelihiyong sistema na hindi na umiiral. Ang pag-iikapu ay obligasyon sa Judaismo bilang isang buwis hanggang sa pagkawasak ng Templo noong A.D. 70, ngunit ang mga ito ay hindi na umiiral sa mga Kristyano.
>
> "Hindi ito pagpapababa sa pag-iikapu, ngunit ito ay upang maliwanagan ang relasyon nito sa bagong tipan. Ito ay upang pabulaanan na ang Bagong Tipan ay sumusuporta sa mga pamimilit. legalistiko, kumikitang motibo at ang pagbabarat na madalas na kinakikitaan ng pagiging maakit ng ikapu sa panahon ngayon. Bilang isang kusang-loob na sistema, ang pag-iikapu ay nag-aalok ng higit pa; ngunit ito ay dapat na tubusin sa pamamagitan ng biyaya kung ito ay magiging Kristyano. Ang ikatuwiran na 'ito ay gumagana' ay tanging hiramin ang pragmatikong pagsusulit ng mundo. Marami ang 'gumagana' na hindi makaKristyano. Ang pag-iikapu, kung ito ay magiging kasundo ng Bagong Tipang teolohiya, dapat na mag-ugat sa biyaya at pag-ibig ng Diyos."

▣
**NASB, NKJV** **"ayon sa kaniyang iginiginhawa"**
**NRSV** **"kung ano mang sobra na makakayanan"**
**TEV** **"sa bahagi ng kung ano ang iyong kinikita"**
**NJB** **"kung gaano karami ang iyong mailalaan"**

Ito sa literal ay "kahit ano kung siya ay maaaring sumagana" (A. T. Robertson, *Word Pictures In the New Testament*, says, "ito ay di-tiyak kung ano ang pang-gramatikang anyo ng *eudō tai*, PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PASAKALI, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG, o kahit na na GANAP NA BALINTIYAK PASAKALI" p. 200). Ito ay isang Griyegong wikain na nagnanais ng isang maligaya, matagumpay na paglalakbay (para sa mga layuning pangangalakal). Ginagamit ito ni Pablo bilang isang prinsipyo ng Kristiyanong pagkakaloob (i.e., sang-ayon sa iyong kakayahan, cf. II taga-Corinto 8:3,11).

▣ **"upang huwag nang gumawa ng mga ambagan sa pagpariyan ko"** Pablo ay palaging nag-iingat patungkol sa wastong paghawak ng salapi. Maaaring (1) nakita niya ang mga suliraning lumago sa lugar na ito o (2) naparatangan siya sa bahaging ito. Hindi siya tumanggap ng anumang salapi mula sa mga iglesiya na kanyang kasalukuyang pinaglilingkuran at gayundin, kapag ang kaloob na ito ay nadala na sa Herusalem, ninanais niya ang mga kinatawan sa iba't-ibang iglesiya na samahan siya. Siya ay hindi nga nakakatiyak kung siya mismo ay makakapunta (cf. v. 4).

**16:3 "ang sinomang inyong mamagalingin, ay sila ang aking susuguin na may mga sulat upang makapagdala ng inyong abuloy"** Ang talatang ito ay isang nakakawiling paghahalo ng apostolikong awtoridad at awtoridad ng nagkakatipon. Ito ay pinagtatalunan kung sino ang sumulat ng mga sulat ng pagtatagubilin, si Pablo o ang iglesiya (cf. Mga Gawa 18:27). Kapwa ay maaari sa gramatika. Ang King James Version at RSV ay ipinagpapalagay na ito ay ang iglesiya habang ang Williams NT, TEV, NIV, NJB, at REB ay ipinagpapalagay si Pablo. Nais ni Pablo na ang iglesiya ang pumili ng mga kinatawan na sasama upang hindi siya maparatangan ng mga maling layunin (motibo), na madalas sa iglesiyang ito. (cf. 9:3-18).

Si Pablo ay madalas na sumusulat ng mga sulat ng pagtatagubilin para sa kanyang mga kamanggagawa (cf. taga-Roma 16:1; II taga-Corinto 3:1; ;8:18-24; at ibang mga halimbawa, Mga Gawa 9:2; 22:5; III Juan). Si Pablo ay gumagamit ng ganitong konsepto na patalinghaga sa II taga-Corinto 3:1 sa kaunawaan ng kanyang pagganap sa mga iglesiya sa kanyang sulat ng

pagtatagubilin. Tila ang Apostol Juan ay gumagamit din ng ganitong katulad na uri ng sulat (cf. III Juan 9). Sa isang kaunawaan ito ang pamamaraan na pinaninindigan ng mga sinaunang iglesiya sa kanilang mga mga naglalakbay na ministro ng ebanghelyo.

**16:4 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangahulugang maaaring pagkilos.

▣

**NASB** **"kung nararapat na ako naman ay pumaroon"**
**NKJV** **"ito ay akmang ako'y pumaroon"**
**NRSV** **"ito ay tila nararapat"**
**TEV** **"ito ay tila kapaki-pakinabang"**
**NJB** **"ito ay mahalaga sa aking pagpunta"**

Ito ay tila nauugnay sa (1) ang laki ng pagkakaloob; (2) ang isang nagsimula ng kaloob na ito ay sasama dito; o (3) pagnanais ni Pablo sa iglesiyang ito, na may ganitong mga suliranin sa kanyang awtoridad, na kilalanin ang kanyang nararapat na tungkulin at katapatan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:5-9

**[5]Nguni't ako'y paririyan sa inyo, pagkaraan ko sa Macedonia; sapagkat magdaraan ako sa Macedonia;**
**[6]Datapuwat marahil ako'y matitira sa inyo o makikisama sa inyo sa taginaw, upang ako'y tulungan ninyo sa aking**
**paglalakbay saan man ako pumaroon. [7]Sapagkat hindi ko ibig na kayo'y makita ngayon sa paglalakbay; sapagkat**
**inaasahan kong ako'y makikisama sa inyong kaunting panahon, kung itutulot ng Panginoon. [8]Datapuwat ako'y titigil sa**
**Efeso hanggang sa Pentecostes; [9]Sapagkat sa akin ay nabuksan ang isang pintuang malaki para sa mabisang**
***paglilingkod*, at marami ang mga kaaway.**

**16:5-9** Si Pablo ay sumusulat mula sa Efeso sa kanyang ikatlong pangmisyong paglalakbay. Kinalaunan, siya ay inatake ng isang pangkat sa loob ng iglesiya sa Corinto dahil sa kanypinagmulangakalang "pabago-bagong" mga plano sa paglalakbay (cf. II taga-Corinto 1:15ff). Siya ay unang tumahak sa rutang dagat papuntang Corinto at pagkatapos ay dumaan ng Macedonia, ngunit yamang ninanais niyang manatili pa nang mas matagal, siya ay nagpasiya na tumahak ng ruta sa lupa sa pagpunta muna sa a unang at pagkatapos, sa Corinto. Siya ay nanatili dahil taglamig dito (cf. Mga Gawa 20:2,3). Ang ilang sa iglesiya ay ginamit ang kawalang-pagpapasya ni Pablo sa kanyang mga plano sa paglalakbay upang kalabanin ang kanyang teolohiya (i.e., ebanghelyo).

**16:6 "upang ako'y tulungan ninyo sa aking paglalakbay saan man ako pumaroon"** Ang PANDIWA *propempō* ay ginamit bilang isang teknikal na termino para sa pagtutustos ng mga pangangailangan sa paglalakbay ng mga naglalakbay na ministro ng Diyos (cf. v. 11, "ipadala siya sa," cf. Mga Gawa 15:3; taga-Roma 15:24; II taga-Corinto 1:16; Tito 3:13; III Juan 6).

**16:7 "kung itutulot ng Panginoon"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ito ay hindi isang karaniwang parirala sa mga NT Kristiyano. Sila na naniniwala na ang kanilang mga hakbang ay niluluob na paggabay ng Panginoon (cf. Mga Gawa 18:21; I taga-Corinto 4:19; Santiago. 4:14; Hebreo 6:3).

**16:8 "Pentecostes"** Ang terminong ito kadalasang nangangahuugang "panglimampu." Ito ay tumutukoy sa pista ng pag-aani ng trigo (i.e., Pista ng mga Linggo, cf. Bilang 28:26) ng mga Hudyo na nagaganap 50 araw pagkatapos ng ikalawang araw ng Pista ng Walang Libadurang Tinapay (i.e., *Nisan* 16). Sa konteksto ito, ito ay tila ginamit bilang isang pamamaraan ng pagtaya ng petsa ng mga planong paglalakbay ni Pablo at hindi nagpapahayag na si Pablo ay patuloy na pinananatili ang pang-Hudyong mga araw ng pista.

**16:9**
**NASB** **"Sapagkat sa akin ay nabuksan ang isang pintuang malaki para sa mabisang *paglilingkod*"**
**NKJV** **"Dahil sa isang dakila at mabisang pintuan ang nabuksang para sa akin"**
**NRSV** **"Dahil sa isang malapad na pinto para sa mabisang gawain ang nabuksan para sa akin"**
**TEV** **"Mayroong isang tunay na pagkakataon dito para sa dakila at kapaki-pakinabang sa gawain"**
**NJB** **"isang lubhang maaasahang pinto ay tumatayong malapad ang pagkakabukas para sa akin"**

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang gamit ng terminong "pintuan" bilang isang talinghaga para sa isang pagkakataon ay karaniwan sa NT (cf. Mga Gawa 14:27; II taga-Corinto 2:12; taga-Colosas 4:3; Pahayag 3:8).

## NATATANGING PAKSA: PAGGAMIT NG SALITANG "PINTUAN" SA NT

Ang NT ay ginagamit ang "pintuan" sa ilang mga pakahulugan.

1. literal
   a. sa mga tahanan, Mateo 6:6; Marcos 1:33; 2:2; 11:7, itaas na silid, Juan 20:19,26
   b. ng Templo, Mga Gawa 3:2; 21:30
   c. ng isang kulungan, Mga Gawa 5:19,23; 12:6; 16:26-27
   d. ng isang libingan, Mateo 27:60; 28:2; Marcos 15:46; 16:3
   e. ng pangkat ng mga tupa, Juan 10:1,2
   f. ng isang patyo, Juan 18:16; Mga Gawa 12:13
2. patalinghaga (metaporikal)
   a. kalapitan ng oras, Mateo 24:33; Marcos 13:29; Mga Gawa 5:9; Santiago 5:9
   b. pagbabawala sa pagpasok sa tunay na pananampalataya, Mateo 7:13-14; Lucas 13:24; Pahayag 3:20
   c. pagkakataon sa pagliligtas sa nawalang pananampalataya, Mateo 25:10; Lucas 13:25; Pahayag 3:7
   d. pagkakataon sa nagliligtas na pananampalataya, Mga Gawa 14:27; Pahayag 3:7
   e. pagkakataon para sa ministeryo, I taga-Corinto 16:9; II taga-Corinto2:12; taga-Colossas 4:3; Pahayag 3:8
   f. Pahayag, Pahayag 4:1; 19:11
3. titulo para kay Hesus, Juan 10:7,9

▣ **"marami ang mga kaaway"** Ang mga pagkakataon para sa Diyos ay kadasalang kaalinsabay ng pagsalungat. Para sa tiyak na pangkasaysayang kalagayan, basahin ang Mga Gawa 19:19-20; 20:19,23.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:10-11

**[10]Ngayon kung dumating si Timoteo, ingatan ninyo na siya'y mapasainyo na walang pangamba; sapagkat ginagawa niya ang gawain ng Panginoon, na gaya ko rin naman: [11]Sinoman nga ay huwag humamak sa kaniya. Kundi tulungan ninyo siyang payapa sa kaniyang paglalakbay, upang siya'y makaparito sa akin: sapagkat inaasahan ko siya'y kasama ng mga kapatid.**

**16:10 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangaahulugan ng maaaring pagkilos. Tila isinugo na ni Pablo sina Timoteo at Erasto (cf. Mga Gawa 19:22), at maaaring si Tito (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:6,7) sa Corinto sa pamamagitan ng paglalakbay sa lupa. Ipinadala niya kanyang sulat dagat at ito ay darating na mas mabilis.

▣ **"ingatan ninyo na siya'y mapasainyo na walang pangamba"** Inalagay ito ni Pablo sa anyo ng isang kautusan (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Nalalaman niya sa personal kung paanong maaaring walang pag-ibig ang iglesiya. Hindi niya ninanais na ang kanyang nakakabatang lingkod ay maliiting dahil sa (1) kanyang edad; (2) kanyang personalidad; o (3) kanilang pagkagalit kay Pablo (cf. v. 11).

**16:11**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"Sinoman nga ay huwag humamak sa kaniya"** |
| **TEV** | **"walang hahamak sa kaniya"** |
| **NJB** | **"walang aaba sa kaniya"** |

Ito ay isang AORIST TAHAS NA PASAKALI, na sa literal ay nangangahulugang "gawing lubusang kawalan ng" (cf. 1:28; I Timoteo 4:12; Tito 2:15).

▣ **"kasama ng mga kapatid"** Tayo ay hindi nakakatiyak kung sino ang kasama. Ito may maaaring sa Erasto (cf. Mga Gawa 19:22, at Tito, II taga-Corinto 2:13; 7:6-7), ngunit sino pa, kung sinuman, ay di-tiyak.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:12

**[12]Ngunit tungkol sa kapatid na si Apolos, ay ipinamanhik ko sa kaniyang malabis na siya'y pumariyan sa inyong kasama ng mga kapatid: at sa anomang paraan ay hindi *niya* kalooban na pumariyan ngayon; ngunit paririyan pagkakaroon niya ng panahon.**

**16:12 "Ngunit tungkol"** Ito ay isa pang kasagutan sa isang katanungan itinanong ng iglesiya sa Corinto (cf. 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,12).

▣ **"Apolos"** Itoayisangmangangaral na mataas ang pinag-aralan at mahusay manalita mula sa Alexandria,Ehipto. Siyaay mas maaaga sa Corinto(cf.Mga Gawa18:24- 19:1), ngunit siya tumangging bumalik (cf. 16:12).

▣ **"hindi *niya* kalooban na pumariyan ngayon; ngunit pariririyan pagkakaroon niya ng panahon"** Ang teksto ay maaaring naipaliwanag sa dalawang paraan: (1) hindi kalooban ni Pabloy na bumalik o (2) ito ay hindi kalooban ng Diyos para sa kanya na bumalik. Mula sa talatang ito, ito ay tila na si Apollos iniwan ang Efeso sa pagitan ng panahon na siya ay kinausap ni Pablo at ang pagsulat ng sulat na ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:13-14

**[13]Magsipagingat kayo, mangagpakatibay kayo sa pananampalataya, kayo'y mangagpakalalake, kayo'y mangagpakalakas. [14]Gawin ninyo sa pag-ibig ang lahat ninyong ginagawa.**

**16:13-14** Ito ay isang kalipunan ng limang PANGKASALUKUYANG MGA PAUTOS. Sila ay lubhang katulad sa praktikal na mga pagpapaalala ng 15:58. Ang unang apat ay PANGATLONG PANAUHANG PANGMARAMIHAN at na may isang panghukbong kaligiran. Ang huli ay PANGALAWANG PANAUHANG PANG-ISAHAN at tila ipinapahayag sa pangkalahatang iglesiya.

**16:13**
**NASB** **"Magsipagingat kayo"**
**NKJV** **"magmasid"**
**NRSV** **"maging handa"**
**TEV** **"magsihanda"**
**NJB** **"maging mapagmatyag"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang saligang kahulugan nito na gumising, ay ginamit sa kaunawaan ng "paghahanda" (cf. Mateo 24:42; 25:13; 26:38,40,48; Marcos 13:35,37; 14:34,37,38). Pinaaalahanan sila ni Pablo na maging alisto at mapagmatyag laban sa isang mapanghating espiritu, hidwang pananampalataya, kahalayan, at kayabangan!

▣
**NASB, TEV** **"mangagpakatibay kayo sa pananampalataya"**
**NKJV** **"manindigan sa pananampalataya"**
**NRSV** **"magpakatibay kayo sa inyong pananampalataya"**
**NJB** **"patuloy na pakatatag sa pananampalataya"**

Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang panghukbong termino para sa paghawak ng posisyon. "Sa pananampalataya" ay tumutukoy sa Kristiyanong katotohanan o Kristiyanong doktrina (cf. Judas vv. 3, 20).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Panindigan (*Histēmi*) sa 15:1.

▣ **"kayo'y mangagpakalalake"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ito ay ang tanging NT paggamit ng termino. Ito ay ang PANDIWANG anyo ng terminong *anēr*, na nangahulugang isang magulang na lalaki o isang asawang lalaki. Ito ay makikita sa LXX ng Josue 1:6. Ito ay hindi panlahat (i.e., tumutukoy lamang sa mga lalaki), ngunit pinapasigla ang buong iglesiya na kumilos nang nararapat bilang lumalago at magigiting na mga mananampalataya.

▣ **"kayo'y mangagpakalakas"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS.

## NATATANGING PAKSA: MAGING MALAKAS

Ang terminong ito (*krataioō*) sa BALINTIYAK tinig ay ginamit ng maraming beses sa NT sa iba't-ibang mga kaunawaan.

1. Ang likas na paglago ni Hesus bilang isang tao, Lucas 1:80; 2:40
2. ang mga mananampalataya na pinapalakas ng Banal na Espiritu, taga-Efeso 6:16
3. ang mga mananampalataya na maging matatag o di matitinag sa kanilang pananampalataya sa pagharap ng mga panloob ng mga pakikibaka sa iglesiya sa Corinto, I taga-Corinto 16:13

**16:14 "Gawin ninyo sa pag-ibig ang lahat ninyong ginagawa"** Pansinin na ang "lahat" ay inuna sa Griyegong teksto para sa pagbibigay-diin. Sa isang pangrelihiyon at pangkulturang kalagayan na dinamiko, magkakaiba, at maraming suliranin gaya ng Corinto, ang pag-ibig ay napakahalaga. Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Orthodoxy at orthopraxy na walang pag-ibig ay hindi kalooban o paraan ng Diyos (cf. 14:1)! Ito ay mahirap maisaisip na ang kaparaanan (para sa mga Kristiyano) ay kasinghalaga ng kahihinatnan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:15-18

**[15]Ipinamamanhik ko nga sa inyo, mga kapatid (nalalaman ninyo na ang sangbahayan ni Estefanas ay siyang pangunahing bunga ng Acaya, at nangagsitalaga sa ministeryo sa mga banal), [16]Na kayo'y pasakop naman sa mga gayon, at sa bawat tumutulong sa gawa at nagpapagal. [17]At ikinagagalak ko ang pagdating ni Estefanas at ni Fortunato at ni Acaico: sapagkat ang kakulangan ninyo ay pinunan nila. [18]Sapagkat inaliw nila ang aking espiritu at**

**ang inyo: magsikilala nga kayo sa mga gayon.**

**16:15 "Ipinamamanhik ko nga sa inyo"** Ito ay kasama ng v. 16. Isiningit ni Pablo ang isang panaklong na kaisipan patungkol sa sambayanan ni Estefanas.

▣ **"mga kapatid"** Ang NRSV ay may "mga kapatid na lalaki at kapatid na babae," na layunin ni Pablo upang pagpaliwanag sa buong iglesiya. Si Pablo ay gumagamit ng salitang ito sa kanyang mga sulat upang ipakilala sa isang bagong paksa o isang pagpapaunlad ng kanyang paglalahad.

▣ **"ang sangbahayan ni Estefanas"** Ang mga sinaunang nagbagong-buhay (i.e., unang mga bunga) ay tila mga pinuno ng lokal na iglesiya. Binanggit ni Pablo ang ibang sinaunang mga mananampalataya sa Mga Gawa 17:34.

Ang konsepto ng "mga sambahayan" na nagbabagong-buhay ng lahat at minsan kapag ang pinuno ng pamilya ay nagbabagong-buhay (cf. Cornelio, Mga Gawa 11:14-17; Lydia, Mga Gawa 16:14-15; bantay-piitan sa Filipos, Mga Gawa 16:31-33) ay kadasalang mahirap para sa mga ebandyeliko na magbigay-diin sa indibidwal na pagbabagong-buhay. Ngunit ang kultura ay napakahalaga sa kaunawaan hindi lamang kung papaano nagaganap ang pampamilyang pananampalataya, ngunit gayundin ang pang-tribu (o pangkat) na pananampalataya. Ang Diyos ay hindi nalilimitahan o hindi tamang pagtatanim ng makabagong kanluraning indibidwalismo! Ito ay lubhang masakit para sa ating parokyal na kaisipan at dogmatismo.

Ang konsepto ng pagbabagong-buhay ng "sambahayan" ay ginamit ng mga denominasyon upang manindigan sa pagbabautismo ng mga sanggol. Kadalasan, ang seremonya ng pagtutuli sa Israel ay maitatala din bilang pagkakabilang ng walong-araw na gulang ng mga anak sa pamilya ng Israel. Maaaring sa bibliya, ang pagsisimula ay kailangang makita mula sa wakas. Ang tunay na pananampalataya ay lumalago, nagsisisi, nananampalataya, sumusunod, at nagpapatuloy. Ang tunay na pananampalataya ay makikita sa kanyang mga bunga, hindi lamang sa kanyang panimulang seremonya (cf. v. 16b at Santiago at I Juan).

▣ **"nangagsitalaga sa ministeryo"** Ito ay isang lubhang nakakawiling parirala. Ang terminong "itinalaga" ay *tassō*, na kadalasang nangangahulugang "magtalaga." Ang pananampalataya, ang tunay na pananampalataya, ay nakikita ang layunin nito sa paglilingkod! Upang maunawaan, ang ebanghelyo ay nangangailangan ng isang pagpayag na ibigay ang ating mga sarli sa paglilingkod para sa iba gaya ng pagkakaloob ni Hesu ng Kanyang sarili para sa atin (cf. I Juan 3:16). Ito ay ang normal na paglago ng pananampalataya, hindi ang katangi-tangi. Gaya ng mga pangkat na (i.e., taga-Corinto elite) naghahangad ng sariling kapakanan, sariling pagkakataas, sariling pamamahala, ang tunay na pananampalataya y naghahangad ng pag-ibig (cf. 14:4; 16:14). Ang mga mananampalataya ay iniligtas at pinagkalooban para sa Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20p; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8) <u>at</u> sa pangkalahatang kabutihan ng katawan ni Kristo, ang iglesiya (cf. 12:7).

Si Estefanas at kanyang sambahayan ay nagpasyang gamitin ang kanilang kayamanan para sa kaharian. Kung Estefanas ay isang mayamang miyembro ng piling-pili sa panlipunang uri, ngayon, ang kanyang mga pagkilos ay ginawang huwaran ang mga katuruan ni Pablo. Siya ay naging huwaran para sa ibang piling mayayamang miyembro ng iglesiya (cf. Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*, pp. 184-205). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **"ministeryo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Paglilingkod sa 4:1.

▣ **"mga banal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

**16:16 "Na kayo'y pasakop naman sa mga gayon"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PASAKALI. "Ang pagpapasakop" (*hupotassō*) ay isang panghukbong termino para sa paghanay ng sarili sa loob isang tanikala ng pamunuan. Sa mga sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto ito ay ginamit sa

1. mga espiritu ng mga propeta na papasakop sa mga propeta, 14:32
2. lahat mga bagay na papasakop kay Hesus, 15:27
3. si Hesus na papasakop sa Ama, 15:28
4. mga mananampalataya sa papasakop sa maka-Diyos na mga pinuno, 16:16

Mayroong maaaring isang paglalaro ng salita sa pagitan ng mga pinuno "italaga ang kanilang sarili sa paglilingkod" (mula sa *tassō*) at "mga mananampalataya na magpapasakop sa kanilang sarili (*hupo* na may *tassō*) sa maka-Diyos na mga pinuno" (cf. II taga-Corinto 9:12-13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapasakop sa taga-Corinto 9:13.

Ang iglesiyang ito ay may mga suliranin sa bahagi ng wastong pakikitungo at paggalang sa kanilang tunay na mga pinuno (cf. v. 18; I taga-Thesalonica 5:12; Hebreo 13:17). Sa sulat ni Clemente ng Roma, na naisulat ito sa katulad na iglesiya 40 taon pagkatapos, ay ipinapakita na sila rin ay may katulad na suliranin.

**16:17 "Estefanas at Fortonato at Acaico"** Ang ilang ay nagpapahayag na ang huling dalawang mga pangalan, na hindi natin maririnig saan man sa NT, ay miyembro ng pamilya ni Estefanas. Ang ilan ay nagpapahayag na silang lahat ay tatlong alipin, ngunit ito ay hindi mapapatunayan. Sila ay tila nagdala ng sulat mula sa iglesiya sa Corinto patungo kay Pablo. Natanggap ni Pablo ang ilang impormasyon patungkol sa iglesiya mula sa mga tao ni Chloe. Si Clemente ng Roma ay nagsulat sa Corinto

halos 40 na taon ang nakakalipas at kanyang binanggit ang isang pinunong nagngangalang Fortonato.

▣ **"ang kakulangan ninyo ay pinunan nila"** Ang pariralang ito ay mukhang pasalungat sa Ingles, ngunit ito ay hindi nangangahulugan ng ganitong paraan. Ang kanilang ulat ang nagdala ng balita kay Pablo mula sa iglesiyang ito na kanyang inibig, kahit na sa lahat ng kanilang mga suliranin (cf. v. 24). Sila ay gumaganap bilang mga kinatawan ni Pablo sa mga iglesiya. Ang tiyak na kanilang ginawa para kay Pablo, maliban sa pagdudulot sa kaniya ng kaligayahan (cf. v. 18) na kasama sila, ay di-tiyak.

**16:18 "ang aking espiritu at ang inyo"** Ito ay maliwanag na mula sa konteksto, si Pablo ay gumagamit ng "espiritu" bilang isang paraan ng pagtukoy sa kanyang sarili (cf. 2:11; 5:4; II taga-Corinto 2:13; 7:13; taga-Roma 1:9; 8:16; taga-Filipos 4:23).

▣
**NASB, NKJV "magsikilala nga kayo sa mga gayon"**
**NRSV "kaya magbigay ng pagkilala sa mga taong gayon"**
**TEV "Sila bilang ayon sa nararapat na pagkilala"**
**NJB "pahalagahan ang tulad nila"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS ng "*ginōskō*" sa kaunawaan ng pagkilala (cf. II taga-Corinto 3:2) o malaman gaya ng pagtanggap (cf. I taga-Corinto 8:3).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:19-20

**19 Binabati kayo ng mga iglesiya sa Asya. Kayo'y binabating malabis sa Panginoon ni Aquila at ni Prisca pati ng iglesiang nasa kanilang bahay. 20 Binabati kayo ng lahat ng mga kapatid. Kayo'y mangagbatian ng halik na banal.**

**16:19 "mga iglesiya sa Asya"** Ito ay tumutukoy sa ang unang siglong lalawigan ng Roma sa kanlurang isang-ikatlong bahagi ng makabagong bansa ng Turkey.

▣ **"Aquila at Prisca"** Si Aquila ay isang Hudyong taga-gawa ng tolda (o gumagawa ng balat), tulad nig Pablo. Ang lahat mga Hudyo, kahit na mga rabbi, ay tinuruan ng isang pangangalakal upang hindi sila kumuha ng salapi sa kanilang pangangaral. Ang asawa ni Aquila, si Priscilla o Prisca, ay tinala ng unang apat na beses sa anim na sila ay binanggit (cf. Mga Gawa 18:2,18,26; taga-Roma 16:3; I taga-Corinto 16:19; II Timoteo 4:19). Marami ang nakapansin na ang kaniyang pangalan ay isang Romanong maharlikang pangalan (*gens Prisca*). Yamang siay ay binanggit nang una , na lubhang di-karaniwang para sa mga Hudyo, maraming nakita sila bilang isang mgandang kuwento ng pag-ibig ng isang Romanong mayamang dalaga at isang naglalakbay na Hudyong taga-gawa ng tolda!

Ang Textus Receptus ay may Priscilla, na kanyang pangalan sa Mga Gawa 18:2,18,26. Ito rin ang makikita sa taga-Roma 16:3 at dito. Sinusundan nito ang Griyegong mga manuskrito A, C, D, F, G, K, L, ang Syriac na mga salin, at karamihan ng mas nahuling minuskulang manuskrito. Gayunman, siya ay tinawag ni Pablo na Prisca, na matatagpuan sa mga manuskrito $P^{46}$, א, B, M, at ang Vulgata at Coptic na mga salin. Tingnan si Bruce Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p. 570.

▣ **"ang iglesiyang nasa kanilang bahay"** Ang sinaunang iglesiya ay walang mga gusali. Sila ay nagtitipon sa mga tahanan. Ito ay dahil sa

1. kakulangan sa salapi
2. pangangailangan sa pagiging lihim, yamang ang Kristiyanismo ay naging isang pinagbabawal na relihiyon sa Emperyong Romano sa napakasinaunang panahon
3. ang pangangailang par sa isang pagpapakita ng legalidad, yamang ang sinaunang mga iglesiya ay itinatag tulad ng mga Romanong panlipunang pangkat

Ang konsepto ng bahay-iglesiya ay nagsimula sa Mga Gawa 2:46; 5:4. Ito ay nagpatuloy at lumago sa taga-Roma 16:5,23, taga-Colosas 4:15; Filemon 2.

▣ **"Binabati kayo ng lahat ng mga kapatid"** Ito ay maliwanag na tumutukoy sa buong iglesiya, hindi lamang mga lalaki.

**16:20 "Kayo'y mangagbatian ng halik na banal"** Ang ganitong anyo ng pangmadlang pagbati (paghalik sa isa o kapwa pisngi) at tanda ng pakikipag-ugnayan ay maaaring makita sa OT in Exodo 4:27. Ito ay maaaring makita sa mga Ebanghelyo sa Marcos 14:45. Ito ay naging pamantayan sa sinaunang iglesiya (cf. taga-Roma16:16; II taga-Corinto 13:12; I taga-Thesalonica 5:26; I Pedro 5:14), na sumunod sa huwaran ng Sinagoga. Ang mga lalaki ay humahalik sa mga lalaki at ang mga babae sa mga babae. Ito ay dumating ng may pag-abuso sa ilang mga Kristiyano at mali ang pagkakaunawa ng di-mananampalataya, ay tinanggal sa sinaunang iglesiya. Gayunman, ito pa rin ay nagpapatuloy sa natatanging pagdiriwang sa silangang mga iglesiya. Ang makabago nitong katumbas sa kanluran ay maaaring isang maiinit na pakikikamay o pagyakap.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:21-24**

**[21]Ang pagbati ko na sinulat ng aking sariling kamay—Pablo. [22]Kung ang sinoman ay hindi umiibig sa Panginoon, ay maging takuwil siya. Maranatha. [23]Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo ay sumainyo nawa. [24]Ang aking pag-ibig kay Kristo Hesus ay sumainyo nawang lahat. 'Amen'.**

**16:21 "Ang pagbati ko na sinulat ng aking sariling kamay—Pablo"** Ito ay ang karaniwang kasanayan ni Pablo pagkatapos magdikta ng kanyang sulat. Ito ay isang paraan ng pagtiyak sa pagiging totoo nito (cf. taga-Galacia 6:11; II taga-Thesalonica 2:2; 3:17; taga-Colosas 4:18; Filemon 19).

**16:22 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Tila ang ilan sa iglesiya sa Corinto ay hindi iniibig ang Panginoon!

▣ **"hindi umiibig"** Ito ay ang Griyegong salitang "*phileō.*" Hindi lubhang madalas gamitin inagamit ni Pablo ang terminong ito para sa pag-ibig (cf. Tito 3:15). Dahil dito, maraming nagpapalagay na siya ay sumisipi ng isang imno o liturhikong pormula. Ito ay ang katulad na salitang ugat ng "halik" (*philēma*). "*Phileō*" sa Koine Griyego ay naging kasingkahulugan sa "*agapaō*" (cf. Juan 5:20; 16:27), ngunit sa ilang pagkakataon, maryoon pa ring ilang kontekstuwal na kaibahan (cf. Juan 21:15-17).

▣ **"takuwil"** "*Anathema"* ay isang Griyegong salitang na nagpapakita ng Hebreong terminong "*herem*" o isang bagay na inaalay sa Diyos, na ngayon ay naging banal at kailangang wasakin (ex. Jericho in Josue 6:17-19). Ito na ngayon ay ginamit sa kaunawaan ng isang banal na sumpa (cf. Mga Gawa 22:12,14; taga-Roma 9:31; I taga-Corinto 12:3; 16:22; taga-Galacia 1:8-9). Ang ganitong malakas na pahayag ay maaaring magpakilala ng presensiya ng mga bulaang guro sa Corinto (cf. 12:3). Ito ay maaaring nagpapakilala ng isang kasalukuyang gawain sa Corinto. Tingnan ang tala sa termino sa 12:3.

▣ **"Maranatha"** Si Hesus at ang sinaunang mga apostol ay nagsasalita ng Aramaiko (hindi Hebreo). Ito ay naging karaniwang wika na buhay sa Emperyong Persyano. Mayroong maraming Aramaikong mga salita/mga parirala na naitala sa NT.

1. *talitha kum* – Marcos 5:41
2. *ephphatha* – Marcos 7:34
3. *abba* – Marcos 14:36; taga-Roma 8:15
4. *maranatha* – I taga-Corinto 16:22. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: *MARANATHA***

Ito ay isang Aramaikong parirala na nagpapakita ng naunang Palestiniang teolohikal liturhikal apirmasyon ng iglesya ng (1) pagkadiyos ni Hesus (Awit 110) o (2) Hesus' Ikalawang Pagbabalik (Mga Gawa 3:19-21). Ang kahulugan ay nakadepende sa kung paano ang isa ay hahatiin ang salita:

1. "Ating Panginoon, dumating" (i.e., *marana-tha*) ay ang kahulugan ay kapareho ng PAUTOS parirala sa Pahayag 22:20. Samakatuwid, karamihan ng mga salin ay nagpalagay na nag kahulugan na iyan dito. Kung magkagayon, samakatuwid ito ay isang panalangin sa pagbalik ni Hesus.
2. "Ating Panginoon ay dumating" (i.e., *maran-atha*) isang Aramaic GANAP. Ito ang salin na mas pinili ni Chrysostom (A.D. 345-407), na nagsasalita sa Inkarnasyon ni Hesus.
3. "Ating Panginoon ay darating" ay maaring magpakita ng isang Hebraikong propetikong GANAP, na ginamit ng marami upang magpalagay ng isang motibo para sa paglilingkod ng Kristyano. Ang Ikalawang Pagbabalik ay may laging isang pampalakas ng loob para sa mga mananampalataya sa bawat panahon.

Ang *Didache* (isinulat sa huling una o ikalawang siglo) 10:6, ay gumagamit ng kaparehong pariralang ito sa konteksto ng Hapunan ng Panginoon kung saan ang pangkasalukuyan at panghinaharap ni Hesus, eskatolohikal na pagdating ay kapwa binigyan diin sa mga panalangin.

**16:23 "ang biyaya ng Panginoong Hesus"** Ang unang hakbang sa pagpapaliwanag ng Bibliya ay maitatag ang orihinal na mga salita. Isang makakatulong na sanggunian para dito ay ang United Bibliya Societies, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, ni Bruce M. Metzger. Upang ipakita kung paano ito makakatulong ay hayaan niyo akong isipi ang talataan sa talatang ito.

> "Ang Textus Receptus, na sinusundan ang ℵ[c] A C D F G K L M na karamihang minuskula, kasama ang 6 424[c] 920 1739, it[d,g,r] syr[p,h] cop[8a,bo] arm eth, ay binabasang Ἰησοῦ Χρισκῦ. Ang mas maikling pagbasa na Ἰησοῦ, na sinusugan ng ℵ* B 2 33 35 226 356 442 823 1611 1908 2002 vg goth *al*, ay ang gugustuhin. Sa pananaw ng presensya ng mas mahabang pagbasa sa ibang mga pagbabasbas ni Pablo (taga-Roma 16.24; 2 taga-Corinto 13.13; taga-

Galacia 6.18; taga-Filipos 4.23; I taga-Thesalonica 5.28; 2 taga-Thesalonica 3.18; Filemon 25), gayundin sa ang natural na pagkahilig ng mga eskriba na palawaki ang banal na pangalan, ito ay marahil ay kapansin-pansi na ang anumang mga saki ay tinutulang ang ganitong mga panggigipit" (p. 570).

**16:24 "Ang aking pag-ibig ay sumainyo nawang lahat"** Ito ay isang ng di-karaniwang mga pagpapahayg ng pansariling pag-ibig ni Pablo. Pansinin na ang kanyang pagpapahayag ng pag-ibig sa lahat sa isang iglesiya na lubhang naging watak-watak at puno ng pagkamuhi.

▣ **"Amen"** Tingnan ang tala sa 14:16.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga tanong na naisulat ng Iglesiya sa Corinto kay Pablo.
2. Ano ang iba't-ibang mga pinanggalingan ng impormasyon ni Pablo patungkol sa kasalukuyang kalagayan ng Iglesiya sa Corinto?
3. Itala ang mga patnubay para sa pagkakaloob sa Bagong Tipan.
4. Bakit interesado si Pablo sa pagkakaloob sa Iglesiya sa Herusalem?
5. Bakit patuloy na pinananatili ni Pablo ang mga pistang araw ng Hudyo pagkatapos niyang maligtas?
6. Paano paano maipagkakasundo ang 16:15 sa Mga Gawa 17:34?
7. Sino sila Aquila at Prisca?
8. Bakit ginamit ni Pablo ang isang Aramaikong parirala sa isang sulat sa isang Griyegong iglesiya?

# PANIMULA SA II MGA TAGA-CORINTO

## MGA PANIMULANG PAHAYAG

A. Ang aklat, mas higit sa iba pang sulat ni Pablo, ay ipinapakita sa atin ang puso at isipan ng Apostol sa mga Hentil. Ito ay ang pinakamalapit na ating taglay sa kanyang espirituwal/pastoral na talambuhay.

B. Ang aklat na ito ay maaaring ang pinaka-ganap na retorikong gawa ni Pablo. Si Raymond E. Brown sa, *An Introduction to the New Testament*, ay nagsabing, "ito marahil ang pinaka-nakapanghihikayat sa pananalumpati sa lahat ng mga sulat ni Pablo" p. 541. Gayunman, ito ay ginawa upang pabulaanan ang mga Sopista na dumating sa Corinto at umatake sa pangmadlang pamamaraan sa pagsasalita ni Pablo gayundin sa kanyang ebanghelyo (i.e. kanyang pag-atake sa karunungan sa I taga-Corinto 1-4).

### NATATANGING PAKSA: MGA SOPISTA

Ang Griyegong salitang *sophia* ay nangangahulugang karunungan. Ang kaugnay na terminong *sophisēs* ay nangangahulugang na sinuman na "dalubhasa" o "aral sa retorika." Ito ay kadalasang pumapatungkol sa isang pangmadlang tagapagsalita, kadasalang naglalakbay, na pumupunta sa isang bayan at sinusubukang magsimula ng isang paaralan upang turuan ang mga anak ng piling uri (elitista). Ang ganitong pagsasalita sa madla ay ang nagdulot sa mga magulang upang hangarin sila para sa mga pribadong aralin o pag-aaral ng kanilang mga anak.

Mayroong isang napakalaking tunggalian sa pagitan ng mga "marurunong" na nauugnay sa kanilang mga pangalan at kakayahang mag-akit ng mga mag-aaral. Mayroon ding mga patnubay para sa kanilang mga paunang pagkakataon sa pagsasalita. Ang isa sa mga kalipunang pamamaraan na minsanan lamang para sa pilosopo ay itala kanyang mga kakayahan at kalakasan.

Ang mga suliranin ni Pablo sa Corinto ay tila nauugnay sa

1. mga naghihiwa-hiwalay na pangkat sa Iglesiya, na ang bawat-isa ay nag-aangkin sa sumusunod sa isang tanging guro (I taga-Corinto 1-4)
2. Ang mga Hudyong bulaang guro mula sa Herusalem na naturuan sa Helenistiko (II taga-Corinto 10-13)

Ang pagtatatuwa ni Pablo sa "karunungan" sa I taga-Corinto 1-4 ay nagtatakda ng kaganapan para sa kanya na inaatake ng sinuman na nagluluwalhati ng kanilang pilosopikong, retorikong pagsasanay at nahatulan ng lahat ng iba sa liwanag ng mga pamantayang ito. Ito ay nakakagulat na ang mga Hudyong guro ay nagluluwalhating ng mga pilosopikong pamantayan, ngunit ang isang pamamarisan ay tinakda sa Judaismo ni Philo of Alexandria at maaaring kahit na ang pagsasanay at kaligiran ni Apollos ng Alexandria.

Pablo ay hindi mahusay nagsalita sa publiko. Siya ay inaatake dahil dito. Siya ay gumanti sa pagsulat ng pino, balanse, maayos na balangkas na retorikong anyo sa II taga-Corinto 10-13. Ginagamit niya ang kanilang mga termino, kanilang mga anyo at inilalabas ang kanilang di-wastong pag-uugali at kayabangan. Tingnan si Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists.*

C. Ito aklat ay isang kakaibang pagsasama, tulad ni Pablo ang kanyang sarili, sa espirituwal na mga kataasan at mga kababaan, ng malayang dumadaloy na emosyon na saklaw mula sa pagkagalit hangang sa dakilang kaligayahan.

D. Ito aklat ay tunay na isang sulat at bilang isang sulat ito ay tanging kalahati sa isang pagkikipag-usap. Marami sa mga lohikong pagpapauna at mga pangyayari sa likod ng mga pagtugon ni Pablo ay nawala na. Ito ay isang mabuting halimbawa ng katotohanan na ang mga sulat Bagong Tipan ay orihinal na naisulat bilang pagsusulatan sa tiyak na mga pangangailangan, hindi nagsasariling teolohikong mga disertasyon.

E. Ang aklat na ito ay nakalimutan na sa kaalaman at sa pangangaral. Mayroong mas kakaunting mga komentaryo sa II taga-Corinto kaysa sa ibang aklat sa NT. Ito ay di-marapat dahil sa ito ay ang pinagmulan ng pinaka-depinitibong pagtalakay ni Pablo sa paghihirap ng Kristiyanong pamumuhay.

F. Para sa mga pastor, ang aklat na ito ay nag-aalok ng mga maliwanag na patnubay kung paano pakikitunguhan ang mga suliranin sa loob lokal na mga iglesiya. Si Pablo ay nagkakaloob sa ating lahat ng isang halimbawa na susundan sa gitna ng pansariling mga atake at mga di-pagkakaunawaan.

## MAY-AKDA

A. Kahit na sa gitna ng lahat ng makabagong mga pang-iskolar na pagtanggi ng tradisyunal na pagkamay-akda ng mga

biblikal na mga aklat, ang aklat na ito ay hindi kailanman tinangging kay Pablo.

B. Ito ay lubhang pansariling talambuhay at lubhang mahirap maunawaan ang ilang mga parirala nito na ang posibilidad na ang isang tao ay tangkaing gayahin si Pablo sa pagsusulat ng isang aklat na tulad nito ay lubhang di-maaari (imposible). Ang kahirapan at pagka-partikular ng sulat ang nagsasabi ng pagiging tunay nito. Ito ay totoo na maraming iskolar sa NT ang nag-iisip na ang II taga-Corinto ay isang pinaghalong sulat na pinagsasama-sama ang maraming magkakahiwalay na mga sulat ni Pablo sa isang sulat. Pinaninindigan ko ang pagkakaisa nito dahil sa

1. Walang pahiwatig ng di-pagkakaisa sa anumang sinaunang Griyegong manuskrito.
   a. Walang mga pagkakaiba sa mga pampanitikang yunit
   b. No manuskritong which does hindi contain lahat thirteen mga kabanata.
2. Kahit na ang II taga-Corinto 13 ay tila di-kilala ni Clemente ng Roma noong A.D. 96, ito ay sinipi ni Polycarp noong A.D. 105.
3. Ang aklat ay mauunawaan bilang isang yunit. Mayroong tila dapat matiyak na mga paksa na nagpapakita ng pagkakaisa nito, tulad ng "paghihirap."
4. Ang panloob na katibayan ay lubhang limitado upang ipagtanggol ang isang radikal paghahati-hati ng II taga-Corinto.

C. Ipinahayag ni Pablo bilang may-akda sa 1:1 at 10:1.

## PETSA

A. Ang petsa ng II taga-Corinto ay may di-mahihiwalay na ugnayan sa I taga-Corinto at ang aklat ng Mga Gawa.

B. Ang Mga Gawa 18:1-18 at 20:2-3 ay inugnay ang pagkatao ni Pablo sa Corinto, ngunit tila mayroon ding di kukulang sa isang hindi naitalang paglalakbay (II taga-Corinto 2:1; na may isang ikatlong paglalakbay na binanggit sa 12:14; 13:1-2).

C. Ang pangunahing katanungan ay ang panahon ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga pagdalaw ni Pablo at kanyang mga sulat sa Corinto.

D. Ang tunay na suliranin sa pagtataya ng petsa ng mga pangyayari na nauugnay sa Corinto ay dahila sa wala tayong panlabas na katibayan o impormasyon sa pagitan ng Mga Gawa 18:1-18 at Mga Gawa 20:2-3, maliban sa may kalabuang panloob na katibayan ng mga sulat sa taga-Corinto.

E. Ang mga pakikipag-ugnayan ni Pablo sa Iglesiya sa Corinto— Isang panukalang panibagong-pagbabalangkas

| PETSA | PAGDALAW | SULAT |
|---|---|---|
| A.D. 50-52 Ika-2 Pang-misyong pagla-lakbay ni Pablo | a. Sa ika-2 pang-misyong pagla-lakbay ni Pablo, siya ay nama-lagi sa Corinto labing-walong buwan (cf. Mga Gawa 18:1- 11) | |
| A.D. 52 Si Gallio ay proconsul mula A.D. 51 (cf. Mga Gawa 18:12-17) | | a. I taga-Corinto 5:9-11 ay tila tumutukoy sa isang sulat patungkol sa isang immoral kalagayan ng iglesiya. Ang sulat na ito ay di-kilala maliban: (1) gaya na inaakala ng iba, na ang II taga-Corinto 6:14-7:1 ay bahagi nito o (2) na ang II taga-Corinto 2:3,4,9 ay mga sulat na aorist at tumutukoy sa II taga-Corinto. |
| A.D. 56 (tag-sibol) | b. Narinig ni Pablo ang tungkol sa mga suliranin sa iglesiya habang siya ay nasa Efeso mula sa dalawang pinagmulan: (1) mga tao ni Cloe, I taga-Corinto 1:11 at (2) Estefanas, Forltunato, at Achaico, I taga-Corinto 16:17. Sila ay tila nagdala ng isang | |

| | | |
|---|---|---|
| | sulat mula sa taga-Corintong bahay-iglesiya na naglalaman ng mga katanungan. | |
| A.D. 56 (tag-lamig) o<br>A.D. 57 (tag-lamig) | | b. Sinagot ni Pablo ang mga katanungang ito (cf. I taga-Corinto 7:1,25; 8:1; 12:1; 16:1,2) sa pamamagitan ng pagsulat ng I taga-Corinto. Si Timoteo (cf. I taga-Corinto 4:17) ang nagdala ng katugunan mula sa Efeso (cf. I taga-Corinto 16:8) papuntang Corinto. Hindi natugunan ni Timoteo ang mga suliranin sa iglesiya. |
| | c. Si Pablo ay gumawa ng isang biglaan, napakasakil na pagdalaw sa Corinto (hindi naitala sa Mga Gawa, cf. II taga-Corinto 2:1). Ito ay hindi nagtagumpay, ngunit siya ay nangakong babalik. | c. Si Pablo ay sumulat ng isang mabagsik na sulat (cf. II taga-Corinto 2:3-4:9; 7:8-12) sa mga Corintong bahay-iglesiya na dinala ni Tito (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:13-15). Ang sulat na ito ay di-kilala, maliban na, gaya ng inaakala ng iba, na bahagi nito ay II taga-Corinto 10-13. |
| | d. Nagpanukala si Pablo na katagpuin si Tito sa Troas, ngunit si Tito ay hindi dumating, kaya pumunta si Pablo sa Macedonia (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:5,13), maaaring Filipos (cf. MSS $B^c$, K, L, P). | |
| | | d. Natagpuan niya si Tito at narinig na ang iglesiya ay tumugon sa kanyang pamumuno at isinulat niya ang II taga-Corinto na may malaking pasasalamat (cf. 7:11-16). Ito ay dinala ni Tito |
| A.D. 57-58 (tag-lamig) | e. Ang huling naitalang pagdalaw ni Pablo sa Corinto ay tila tumutukoy sa Mga Gawa 20:2-3. Bagaman ito ay hindi nagbabangit ng Corinto sa pangalan, ito ay ipinapalagay. Siya ay nanatili doon sa panahon ng mga tag-lamig na buwan. | e. Ang kapansin-pansin pagbabago ng moda sa pagitan ng mga kabanatang 1-9 at 10-13 ay ipinaliwanag ng ilang iskolar bilang mas maraming masaming balita (maaaring ang pagpapalakas ng lumang mga kaaway at ang karagdagang mga kaaway) mula sa mga Corintong bahay-iglesiya pagkatapos ng mga kabanata 1- 9 ay naisulat (F. F. Bruce). |

## ILAN ANG MGA SULAT NA ISINULAT NI PABLO SA CORINTO

A. Dalawa lamang, I at II taga-Corinto

B. Tatlo, na may isang sulat na nawala

C. Apat, na may dalawang sulat na nawala

D. ang ilang makabagong iskolar ay natagpuan ang mga bahagi ng dalawang nawalang sulat sa II taga-Corinto
1. nakaraang sulat (I taga-Corinto 5:9) sa II taga-Corinto 6:14-17:1
2. mabagsik na sulat (II taga-Corinto 2:3-4,9; 7:8-12) sa II taga-Corinto 10-13

E. Lima, na II taga-Corinto 10-13 na siyang ikalimang sulat, na ipinadala pagkatapos mag-ulat ni Tito na may kaugnayan sa mga mas malubhang balita

F. Aking pinaninidigan ang C (tingnan din si H. C. Thiessen, *Introduction to the New Testament*, p. 209)
   1. nakaraang sulat—nawala (I taga-Corinto 5:9)
   2. I taga-Corinto
   3. mabagsik na sulat—nawala (II taga-Corinto 2:1-11, 7:8-12)
   4. II taga-Corinto

## ANG MGA KAAWAY NI PABLO SA CORINTO

A. Sa II taga-Corinto ang suliranin ay tila kasama ang maraming naghiwa-hiwalay na mga pangkat na nanginigbabaw sa iba't-ibang mga bahay iglesiya (hindi tiyak na katulad na mga pangkat gaya ng sa I taga-Corinto, ngunit maaari).
   1. isang pangkat ng mga mananampalataya na nagtataguyod ng tradisyunal na Romanong kultura at kaugalian
   2. isang pangkat ng mga mananampalataya na nagtataguyod ng tradisyunal na Hudyong kultura at kaugalian
   3. isang pangkat ng mga mananampalataya mula sa mahihina at ang itinawalag sa lipunan

B. Ang pagdating ng mga Hudyong pasimuno ng gulo mula sa Palestina ay nagdulot ng karagdagang pagtatalo (cf. II taga-Corinto 10-13). Sila ay iba sa mga Judazier na taga-Galacia at ang Hudyo/Griyegong mga legalista na taga-Colosas. Sila ay maaaring sinanay sa retorika, mga gurong karismatiko, tulad ni Apollos.

C. Dito ay ilang mga paratang na ibinabato laban kay Pablo kung saan siya ay tumugon.
   1. Si Pablo ay salawahan (i.e. kanyang pabago-bagong plano ng paglalakbay, cf. 1:15ff).
   2. Si Pablo ay isang makapangyarihan manunulat, ngunit mahina sa pansariling pagsasalita (cf. 10:10).
   3. Si Pablo ay hindi mahusay na mananalumpati (cf. 10:10; 11:6).
   4. Si Pablo ay hindi tumatanggap ng salapi (cf. 11:7ff; 12:13ff).
   5. Si Pablo ay hindi isang tunay na Apostol (cf. 11:5,13; 12:4).
   6. Pablo ay hindi isang orthodox na Hudyo (cf. 11:21ff).
   7. Pablo ay walang maliwanag na kapahayagan at espirituwal na mga pangitain na gaya ng kanilang taglay (cf. 12:1ff).

## ANG PANGANGAILANGAN AT LAYUNIN NG II MGA TAGA-CORINTO

A. Pagpapasalamat dahil paayong pagtugon ng iglesiya sa pamumuno ni Pablo (cf. 2:12,13; 7:11-16)

B. Paghahanda para sa ikatlong pagdalaw ni Pablo (cf. 10:1-11). Ang kanyang ikalawa ay tila masakit at hindi nagtagumpany. Ang nabagong tono ng emosyon sa mga kabanata 10-13 ay maliwanag. Ang ilan ay nagpahayag na ito ay bunga ng maraming mga sulat ni Pablo sa iglesiya sa Corinto na naisama sa II taga-Corinto. Ito rin ay maaaring na sinulat ito ni Pablo matapos niyang marinig ang patungkol sa isang bagong pagsiklab ng pagsalungat sa loob ng pakikipisan sa taga-Corinto. Ito ay isang madamdaming karagdagan.

C. Ang pagpapabulaan ng mga naglalakbay na Hudyong bulaang guro (cf. 10-12) na itinatanggi ang:
   1. pagkatao
   2. mga layunin
   3. awtoridad
   4. paraan ng pagpapahayag
   5. mensahe ng ebanghelyo

   ni Pablo

## MGA MAAARING PAMPANITIKANG YUNIT

A. Ang pagbabalangkas ng aklat na ito ay lubhang may kahirapan dahil sa:
   1. mga pagpapalit ng damdamin
   2. iba't-ibang mga paksa
   3. mga pinahahabang panaklong (2:14-7:1 o 7:4)
   4. ating limitadong kaalaman sa lokal na kalagayan

B. Gayunman, mayroong maliwanag na tatlong pangunahing paghahati ng paksa:
   1. Tumugon si Pablo sa mensahe ni Tito at inugnay ang kanyang mga plano sa paglalakbay, mga kabanata 1-7 (mayroong isang pangunahaing panaklong na pumapatungkol sa apostolikong ministeryo ni Pablo, 2:14-7:1 o 7:4)
   2. Pagbibigay-sigla ni Pablo para sa pagkapuno ng pagkakaloob para sa Herusalem na iglesiya, mga kabanata 8-9
   3. Ang pagtatanggol ni Pablo sa kanyang pamumuno, mga kabanata 10-13

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## IKALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa.

# II MGA TAGA-CORINTO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpupugay | Mga Pagbati | Pagpupugay at Pasasalamat | Pagpupugay | Talumpati at Mga Pagbati |
| 1:1-2 | 1:1-2 | 1:1a | 1:1a | 1:1-2 |
| | | 1:1b | 1:1b | |
| | | 1:2 | 1:2 | |
| Pasasalamat ni Pablo pagka-tapos ng Paghihirap | Kaaliwan sa Pagdurusa | | Nagpasalamat sa Diyos ni Pablo | Pasasalamat |
| 1:3-7 | 1:3-7 | 1:3-7 | 1:3-7 | 1:3-7 |
| | Napalaya mula sa Pagdurusa | | | |
| 1:8-11 | 1:8-11 | 1:8-11 | 1:8-11 | 1:8-11 |
| Ang Pagpapaliban ng Pagdalaw ni Pablo | Ang Katapatan ni Pablo | Kasalukuyang mga Kaugna-yan sa glesiya | Ang Pagbabago sa mga Plano ni Pablo | Bakit Binago ni Pablo ang Kanyang mga Plano |
| | | (1:12-2:13) | (1:12-2:4) | (1:12-2:11) |
| 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 |
| | Pagpapatawad sa Iglesiya | | | |
| 1:15-22 | 1:15-24 | 1:15-22 | 1:15-22 | 1:15-22 |
| 1:23-2:4 | | 1:23-2:4 | 1:23-2:4 | 1:23-2:4 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.**

3. Pangatlong Talata

4. Pang-apat na Talata

5. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang II taga-Corinto ay naisulat nang halos anim hanggang labing-walong buwan pagkatapos ng I taga-Corinto, na sumusunod sa pagdalaw ni Pablo sa Macedonia kasama si Tito, na nag-ulat ng pagtugon ng iglesiya sa mga mungkahi ni Pablo (cf. 2:12-13; 7:11-16).

B. Ito ay isang napakasidhing pansariling sulat. Ang lagay ng damdamin ni Pablo ay maaaring mapuna sa gramatika (i.e., kawalang ng mga pangatnig at di-ganap na mga pangungusap).

C. Si Pablo ay inaatake nang may kabangisan ng isang minorya sa loob ng iglesiya. Ang minorya ay tila kapwa mula sa ang lokal na taga-Corinto kapisanan at isang naglalakbay na Hudyong pangkat. Ang kanilang mga paratang ay:
   1. Si Pablo ay mayroong mga maruming layunin, 1:12
   2. Si Pablo ay salawahan, 1:15ff
   3. Si Pablo ay mahina, 10:10
   4. Si Pablo ay di maganda ang pangangatawan, 10:10
   5. Si Pablo ay hindi isang magaling na mananalumpati, 10:10; 11:16
   6. Si Pablo ay nangangaral para sa salapi 11:7ff; 12:13ff
   7. Pablo ay hindi isang tunay na apostol, 11:5,13; 12:4
   8. Pablo ay hindi isang orthodox na Hudyo, 11:21ff
   9. sila ay may maliwanag na kapahayagan, ngunit Pablo ay wala, 12:1ff.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1a**
**[1a]Si Pablo, na Apostol ni Kristo Hesus sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at si Timoteo, na ating kapatid**

**1:1a "Pablo"** Si Saul ng Tarso ay unang tawag kay Pablo sa Mga Gawa 13:9. Ito ay maaari na karamihan ng mga Hudyo ng "diaspora" ay may isang Hebreong pangalan at isang Griyegong pangalan. Kung gayon, ang mga magulang ni Pablo ang nagbigay sa kanya ng ganitong pangalan ngunit bakit, ngayon, biglaang lumabas ang "Pablo" sa Mga Gawa 13? Marahil, (1) ang iba ay nagsimulang tawaging siya sa ganitong pangalan o (2) siya ay nagsimulang tukuyin ang kanyang sarili sa terminong "munti" o "pinakahuli." Ang Griyegong pangalang *Paulos* ay nangangahulugang "munti." Maraming mga teoriya ang isinulong patungkol sa pinanggalingan ng kanyang Griyegong pangalan.
1. Ang kanyang pisikal na pangangatawan, ang ikalawang siglong tradisyon na si Pablo ay mababa, mataba, kalbo, sakang, may malagong kilay, at may nakausling mata, ay isang maaaring pinagmulan ng pangalan, na nagmula sa isang di-kanonikong aklat mula sa Thessalonika na tinawag na *Paul and Thekla*
2. mga talata kung saan si Pablo ay tumatawag sa kanyang sarili na "ang pinakahuli sa mga banal" dahil sa kanyang inusig ang Iglesiya gaya ng sa Mga Gawa 9:1-2 (cf. I taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; I Timoteo 1:15). Ang ilan ay nakita ang ganitong "pagkahuli" bilang pinagmula ng sariling-piling titulo. Gayunman, sa isang aklat tulad ng taga-Galacia, kung saan kanyang binigyang-diin ang kanyang kalayaan at pagkakapantay sa Labingdalawa ng Herusalem, ang ganitong pangangatuwiran ay tila walang kasiguraduhan (cf. II taga-Corinto 11:5; 12:11; 15:10).

▣ **"isang apostol"** Ito ay isang karaniwan Griyegong salitang para sa "pinadala (o sinugo)" (i.e., *apostellō*). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 4:9. Ang terminong ito ay may maraming teolohikong pagkakagamit.
1. Ang mga rabbi ay gumamit nito bilang isang tinawag at isinugo bilang isang opisyan na kinatawan ng isa pa, isang katulad ng ating Ingles na "embahador" (cf. II taga-Corinto 5:20).
2. Ang mga Ebanghelyo ay kadasalang ginagamit ang terminong ito kay Hesus bilang isinugo ng Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48). Sa Juan, ang termino ay kumukuha sa pang-Mesias na kaunawaan (cf. Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginamit ni Hesus sa pagsugo ng mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21).
3. Ang NT ay ginamit ito para sa mga alagad (o disipulo).
   a. ang orihinal na Labingdalawa na nasa panloob na pangkat ng mga alagad (cf. Lucas 6:13; Mga Gawa 1:21-22)

b. isang natatanging pangkat ng Apostolikong mga alagad at mga kamanggagawa
   (1) si Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4,14)
   (2) sina Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. taga-Roma 16:7)
   (3) si Apollos (cf. I taga-Corinto 4:6-9)
   (4) si Santiago, ang kapatid ng Panginoon (cf. taga-Galacia 1:19)
   (5) sina Silvano at Timoteo (cf. I taga-Thesalonica 2:6)
   (6) maaaring si Tito (cf. II taga-Corinto 8:23)
   (7) maaaring si Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25)
c. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)

4. Si Pablo ay gumagamit ng pangngalan bilang isang titulo para sa kanyang sarili sa halos lahat ng kanyang mga sulat bilang isang paraan ng pagpapahayg ng kanyang panawagan at awtoridad na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawan ni Kristo (cf. taga-Roma 1:1; I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong terminong *messiah* (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:23), na nangahulugang "isang pinahiran (o hinirang)." Ito ay nagpapahiwatig ng "isang tinawag at pinapalakas ng Diyos para sa isang tiyak na gawain." Sa OT, ang tatlong mga pangkat ng pinuno ay pinahiran: mga saserdote, mga hari, at mga propeta. Lahat ng tatlong pinahirang katungkulan ay natupad ni Hesus (cf. Hebreo 1:2-3).

▣ **"Hesus"** Ang Hebreong pangalan ay nangangahulugang "si YHWH ay nagliligtas" o "si YHWH ay nagdudulot ng kaligtasan." Ang pangalang ito ay ipinahayag sa kanyang mga magulang ng isang anghel (cf. Mateo 1:21). "Hesus" ay kinuha mula sa Hebreong salita para sa kaligtasan, *hosea*, na nahulapi sa pangkasunduan pangalan ng Diyos, si YHWH. Ito ay ang katulad ng Hebreong pangalang Joshua.

Ang Griyegong mga manuskrito ay hati sa kung ano ang kaayusan ng mga terminong ito.

1. Hesukristo, A, D, G, K, L (Peshitta, KJV, NKJV)
2. Kristo Hesus, $P^{46}$, א, B, M, P (NASB, NRSV, TEV, NJB, NIV)

Mayroong tila walang teolohikong kabuluhan sa kaayusan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa I taga-Corinto 2:8.

▣ **"sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos"** Ang katulad na panimulang parirala ay ginamit sa I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1 at II Timoteo 1:1. Si Pablo ay naniniwala na pinili siya ng Diyos upang maging isang Apostol. Ang ganitong natatanging kaunawaan ng panawagan ay nagsimula sa kanyang pagbabagong-buhay sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9:1-22; 23:3-16; 26:9-18). Si Pablo kadasalang pinaninindigna ang kanyang ipinagkaloob ng Diyos na awtoridad at panawagan upang panindigan na ang kanyang mga sulat ay natatanging mula sa Diyos (i.e., kinasihan, cf. II Timoteo 3:16; I taga-Corinto 2:9-13; I taga-Thesalonica 2:13).

▣ **"Timoteo, na *ating* kapatid"** Sa I taga-Corinto 1:1 "si Sosthenes" ay binanggit; dito si Timoteo ay pinangalanan, maaaring bilang kamanggagawa, kasamang may-akda, o eskriba. Ito rin ay maaari na binanggit ni Pablo si Timoteo dahil sa ang iglesiyang ito ay lubhang di-tumutugon sa kanya nang kanyang ipinadala ang sulat ni Pablo na I taga-Corinto sa kanila.

## NATATANGING PAKSA: TIMOTEO

A. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "isang nagbibigay-galang sa Diyos."
B. Siya ay anak ng isang Hudyong ina at isang Griyegong ama at naninirahan sa Lystra (cf. Mga Gawa 16:1). Ang Latin na salin ng komentaryo ni Origen sa taga-Roma 16:21 ay nagsasabing Timoteo ay isang mamamayan ng Derbe. Ito ay maaaring mula sa Mga Gawa 20:4.
C. Siya ay naturuan sa Hudyong pananampalataya (o Kristiyanong pananampalataya) ng kanypinagmulang at lola (cf. II Timoteo 1:5; 3:14-15).
D. Siya tila nagtiwala kay Kristo sa panahon ng unang pangmisyong paglalakbay ni Pablo (cf. Mga Gawa 14:6-7).
E. Siya ay hiniling na sumama sa pang-misyong pangkat nina Pablo at Silas sa ikalawang paglalakbay (cf. Mga Gawa 16:1-5), tila upang tanggapin ang mga tungkulin ni Juan Marcos. Siya ay napagtibay ng propesiya (cf. I Timoteo 1:18; 4:14).
F. Siya ay tinuli ni Pablo upang sa gayon ay makapagministeryo sa kapwa mga Hudyo at mga Griyego (cf. Mga Gawa 16:3).
G. Siya ay isang matapat na kasamahan ni Pablo at naging kanyang Apostolikong kinatawan. Siya ay binanggit sa pangalan na mas higit sa iba pang mga kamanggagawa ni Pablo (17 beses sa 10 mga sulat, cf. taga-Roma 16:21; I taga-Corinto 4:17; 16:10; taga-Filipos1:1; 2:19,22; taga-Colosas 1:5; I Timoteo 1:2; II Timoteo 1:2; Tito 1:4).
H. Si Pablo ay masintahin siyang tinatawag na "aking tunay na anak sa pananampalataya" (cf. I Timoteo 1:2); "aking minamahal na anak" (cf. II Timoteo 1:2); "aking tunay na anak sa karaniwang pananampalataya" (cf. Tito 1:4). Gayundin, pansinin ang "aking minamahal at matapat na anak sa Panginoon" sa I taga-Corinto 4:17.

I. Siya ay tila nasa Roma nang si Pablo ay pinalaya mula sa bilangguan at sinamahan siya sa kanyang ika-apat na pangmisyong paglalakbay (cf. taga-Colosas 1:1; Filemon 1).
J. Siya ay tinawag na isang "apostol" sa I taga-Thesalonica 2:6 sa kaunawaan ng isang nagpapatuloy na espirituwal na kaloob para sa mga iglesiya (cf. taga-Efeso 4:11).
K. Dalawa sa tatlong mga Sulat Pastoral ay inuukol sa kaniya.
L. Siya ay huling binanggit sa Hebreo 13:23 (ngunit pagkakasunod-sunod sa II Timoteo 1:2).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1b

[1b]**sa Iglesiya ng Diyos na nasa Corinto, kalakip ng lahat ng mga banal na nasa buong Acaya.**

**1:1b "iglesiya"** Ito ay ang Griyegong terminong *ekklesia* (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:2). Ito ay mula sa dalawang mga salita, "mula sa" at "tinawag na," samakatuwid, ang terminong ay nagpapahiwatig ng mga tao na tinawag ng Diyos. Ang sinaunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na paggamit (cf. Mga Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang paggamit ng Septuagint sa terminong ito ay "nagkakatipon (kongregasyon)" ng Israel (cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang sarili bilang isang pagpapatuloy sa bayan ng Diyos OT. Sila ay ang bagong Israel (cf. taga-Roma 2:28-29; taga-Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng malaganap na misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5:6).

▣ **"ng Diyos na nasa Corinto"** Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng dalawang magkaibang mga kaunawaang patungkol sa "ang iglesiya."

1. Ito ay isang lokal na katawan ng muling ipinanganak, nabautismuhang mga mananampalataya. Karamihan sa mga lugar sa NT, ang salitang *ekklesia* ay ginamit upang ipakilala ang ganitong lokal na kaunawaan.
2. Ito rin ay ang pangkalahatang pagpapahayag ng katawan ni Kristo. Ito ay makikita sa Mateo 16:18 (i.e., ang una sa di-karaniwang paggamit ng terminong ito ni Hesus, cf. Mateo 18:17 [dalawang beses]); Mga Gawa 9:31 ay ginagamit ang pang-isahang "iglesiya" para sa lahat ng lokal na pagkakatipon sa Judea, Galilea, at Samaria; at sa huli, ang paggamit ng termino sa taga-Efeso, na isang paikot-ikot na sulat sa mga iglesiya sa Asya Minor (cf. 1:22; 3:10,21; 5:23-32).

Mayroong isang malaking katawan ni Kristo na binubuo ng lahat ng mga mananampalataya (ilan ngayon ay patay na, ilang ay buhay pa) at mayroong mga lokal na pagpapahayag ng ganitong pangkalahatang katawan.

▣ **"kalakip ng lahat ng mga banal na nasa buong Acaya"** Ang pagbating ito ay ipinapakita na ang sulat ay para sa isang mas malawak na mambabasa kaysa sa isang iglesiya (gaya ng lahat ng mga sulat na nanggaling kay Pablo). Ito ay maaaring gumanap bilang isang umiikot na sulat sa isang buong rehiyon gaya ng sa taga-Galacia at taga-Efeso. Gayunman, ito natatanging tumutuon sa mga suliranin sa Corinto.

▣ **"mga banal"** Ito ay nangangahulugang sila ay ipinahayag na banal sa pamamagitan ng gawa ni Hesus sa pagiging kinatawan ng Espiritu (cf. 6:11). Ang PANDIWA (*hagiazē*) ay nauugnay sa salitang "banal" (*hagios*) at "mga banal" (i.e., "mga banal" *hagioi*). Ito ay nagpapakilala sa ating pagkakahiwalay ukol sa Diyos para sa paglilingkod. Dito, ito ay tumutukoy sa ating kalalagayan sa Kanya gaya ng sa v. 3, ngunit sa ibang mga lugar sa NT, ang mga mananampalataya ay nagpupunyagi tungo sa "kabanalan." Ito ay isang kalalagayang dapat taglayin. Hinihimok ni Pablo ang mga nagkakawatak-watak, mapagmataas na iglesiya sa pagtawag sa kanila na "mga banal," kahit na sa kanilang mga kabiguan at mga kasalanan! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:2

[2]**Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Hesukristo.**

**1:2 "Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos"** Ang tradisyunal na pagbubukas ng mga Helenistikong sulat ay "mga pagbati" (cf. Mga Gawa 23:26; Santiago 1:1), hindi "biyaya." Si Pablo ay gumawa ng isang paglalaro sa salita mula "*chairein*" hanggang sa "*charis*," na ginawa itong natatanging Kristiyano (cf. I taga-Thesalonica 1:1; taga-Galacia 1:3). Ang ilan ay nagpapahayag na ang "kapayapaan" ay nagpapakilala ng isang Hebreong terminong "*shalom*" (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:3). Ito ay maaaring nalalaman ni Pablo ang ganitong pagsasama ng mga termino mula sa pagpapala ni Aaron ng Bilang 6:24-26. Karamihan sa mga Helenistikong sulat at mga sulat sa NT ay nagsisimula sa isang panalangin ng pasasalamat, ngunit dahil sa ang mga suliranin sa pagitan ng Pablo at sa kongregasyong ito, ang pambungad na panalangin ay pasasalamat na inuukol sa Diyos (cf. 1:3-7).

▣ **"mula sa Diyos na ating Ama"** Inilalagay nito ang pagbibigay-diin sa napakalapit na mga pampamilyang panloob na pakikipag-ugnayan (cf. Mateo 6:9). Sa OT, ang Diyos ay ang ama ng Israel (cf. Isaias 64:8; Osea 1-3;11). Sapagkat ang Diyos ay pansarili, ang pinakamainam na mga talinghaga upang ilarawan ang Kanyang pakikipag-ugnayan sa ibang myembro ng Trinidad at Kanyang bayan ay mga terminong pang-Hudyo sa pamilya. Katulad na ang Ama ay maiuugnay kay Hesus sa isang katulad na

paraan, Siya ay maiuugnay sa mga mananampalataya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagka-Ama ng Diyos sa I taga-Corinto 1:3.

Kapwa ang "biyaya" at "kapayapaan" ay nanggaling mula sa Ama at Anak. Ang Ama at si Hesus ay inuugnay sa gramatika bilang isang yunit (i.e., isang PANG-UKOL, ngunit dalawang MGA LAYON). Ito ay isang karaniwang paraan para sa mga may-akda ng NT na nagpapahayag ng pagka-Diyos ni Hesus (cf. I taga-Thesalonica 1:1; 3:11; II taga-Thesalonica 1:2,12; 2:16).

▣ **"at sa Panginoong Hesukristo"** Ang mga terminong ito ay bahagi ng ang mas buong titulong "ang Panginoong Hesukristo" (cf. vv. 2,3,7,8,9,10). Ang tatlong (cf. vv. 2,3,7,8,9,10) mga titulo ay mayroong indibidwal na kabuluhan.

1. "Kristo" ay ang Griyegong salin ng Hebreong *Mesias* (i.e., isang Sinugo). Ipinapahayag nito ang OT titulo ni Hesus bilang isang ipinangakong Sinugo na magtatakda ng bagong panahon ng katuwiran.
2. "Hesus" ay ang pangalang ipinagkaloob sa sanggol sa Bethlehem ng anghel (cf. Mateo 1:21). Ito ay binubo ng dalawang Hebreong pangngalan: "YHWH," ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, at "kaligtasan" (i.e., *hosea*). Ito ay ang parehong Hebreong pangalan tulad ng Joshua. Kapag ginagamit na mag-isa, ito ay kadasalang pinapakilala ang isang tao, si Hesus ng Nazareth, anak ni Maria (ex. Mateo 1:16, 25; 2:1; 3:13,15,16).
3. "Panginoon" (ay ginamit sa 1:1 sa KJV) ay ang salin ng Hebreong terminong *adon*, na nangahulugang "may-ari, asawang lalaki, amo, o panginoon." Ang mga Hudyo ay naging takot sa pagbibigkas ng banal na pangalan ni YHWH upang hindi nila tanganan ito na walang kabuluhan at labagin ang isa sa Sampus Utos. Kapag kanilang binabasa ang Banal na Kasulatan, kanilang ipinapalit ang *Adon* para kay YHWH. Ito ang dahila kung bakit ang ating Ingles na mga salit ay gumagamit ng malalaking titik na PANGINOON para kay YHWH sa OT. Sa paglilipat ng titulong ito (*kurios* sa Griyegong) kay Hesus, ang mga may-akda ng NT ay nagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos at pagkakapantay sa Ama.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:3-7

**[3]Purihin *nawa* ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo, ang Ama ng mga kaawaan at Diyos ng buong kaaliwan; [4]Na siyang umaaliw sa atin sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa anomang kapighatian, sa pamamagitan ng pagaliw na inialiw din sa atin ng Diyos. [5]Sapagkat kung paanong sumasagana sa atin ang mga sakit ni Kristo, ay gayon din naman ang aming kaaliwan ay sumasagana sa pamamagitan ni Kristo. [6]Datapuwat maging kami man ay mapighati, ay para sa inyong kaaliwan at kaligtasan; o maging kami man ay maaliw ay para sa inyong kaaliwan, na siyang gumagawa sa pagdadalitang may pagtitiis ng mga gayon ding pagbabata na amin namang binabata: [7]At ang aming pag-asa tungkol sa inyo ay matibay; yamang nalalaman na kung paanong kayo'y mga karamay sa mga sakit, ay gayon din naman, kayo ay *mga kabahagi* sa kaaliwan.**

**1:3 "Purihin"** Nakuha natin ang salitang Ingles na "papuri" mula sa Griyegong salitang ito. Ang terminong ito (sumusunod sa Septuagint) ay palaging gumagamit ng mga tao na nagpapala sa Diyos (cf. Lucas 1:68). Sa Marcos 14:61 ay isang pakikot-ikot na salita para sa pangalan ng Diyos (i.e., "ang *Isang* Banal"). Si Pablo ay gumagamit ng termino para sa Ama sa taga-Roma 1:25; 9:5; II taga-Corinto 1:3; 11:31; at taga-Efeso 1:3.

▣ **"ang Diyos"** Ang panalanging ito ng pagpuri, vv. 3-11, ay naglalarawan sa Diyos sa tatlong paraan.

1. Siya ay ang Ama ni Hesus
2. Siya ay ang Ama ng lahat ng kahabagan
3. Siya ay ang Diyos ng lahat ng kaaliwan

Ang kadalasang anyo ng Griyegong sulat ay isang panalangin ng pasasalamat para sa mga tatanggap ng sulat, ngunit sa sulat na ito, ang panalangin ng pasasalamat ay inuukol sa Diyos.

Si YHWH bilang ang Ama ni *Yeshua* (i.e., Hebreo para kay Hesus), ay nakilala lamang sa pamamagitan ng kapahayagan. Walang pangangatuwiran mula sa pilosopikong pangangailangan o panukala ang maaaring makapagbigay ng ganitong pakikipag-ugnayang teolohiya. Mag-ingat sa "mga patunay" para sa Diyos na batay sa lohika sa halip na batay sa Banal na Kasulatan, ngunit sila ay makakatulong sa maraming tao na itinatanggi ang Banal na Kasulatan bilang katotohanan. Tingnan si Elton Trueblood, *The Logic of Belief*.

▣ **"ang Ama ng mga kaawaan"** Mayroong tatlong Griyegong mga termino na nauugnay sa "kahabagan" o "kaawaan."

1. *eleos*, kadalasang tumutukoy sa mga damdamin ng kahabagan o kabanalan (cf. 4:1; taga-Roma 9:15, na isang sipi mula sa Exodo 33:19)
2. *splanchna*, na tumutukoy sa inaakalang pisikal na lugar awa o kahabagan sa mas mababang kalooban (cf. taga-Filipos 2:1; taga-Colosas 3:12)
3. *oiktirmos*, maramdaman o ipahayag ang isang kaunawaan ng kahabagan o kaawaan sa kalagayan ng iba (cf. 1:3,4-6; taga-Roma 12:1)

Ang terminong ito ay nagpapakital ng mga pagkilos at damdamin ng Diyos tungo sa nalugmok na sangkatauhan. Ito ay ating dakilang pag-asa—ang di-nababagong kahabagan at biyaya ng Diyos.

Ang NT ay kadasalang gumagamit ng "Ama" na may isang DYENITIBO upang ilarawan ang pagka-Diyos.

1. Ama ng mga kahabagan (cf. II taga-Corinto 1:3)

2. Ama ng kaluwalhatian taga-Efeso 1:17 (cf. Mga Gawa 7:2; I taga-Corinto 2:8)
3. Ama ng lahat (cf. taga-Efeso 4:6)
4. Ama ng mga espiritu (cf. Hebreo 12:9; Pahayag 22:6)
5. Ama ng liwanag (cf. Santiago 1:17)
6. paulit-ulit sa mga sulat ni Pablo, "ang Ama ng ating Panginoong Hesukristo"

**1:4-11 "kaaliwan"** Ang terminong ito, *paraklēsis*, sa iba't-iba nitong mga anyo, ay ginamit nang sampung beses sa vv. 3-11. Ito ay ang susi terminong sa lahat ng dako ng buong talata at gayundin sa mga kabanata 1-9, kung saan ito ay ginamit dawampu't-limang beses. Ang salita ay nangangahulugang "tawaging kaagapay." Ito ay kadasalang ginamit sa isang panghukumang kaunawaan ng isang manananggol na nagkakaloob ng legal na tulong, kaaliwan, at gabay.

Sa kontekstong ito, ito ay ginamit sa kaunawaan ng pagbibigay-sigla at kaaliwan. Isang kaugnay na termino, *paraklētos*, ay ginamit sa Banal na Espiritu sa Juan 14:16,26; 15:26; 16:7; at kay Hesus sa I Juan 2:1. Sa kontekstong ito, ito ay ginamit sa Ama.

Ang pandiwang anyo ng *parakaleō* ay ginamit sa maraming mga kaunawaan.

1. ang Septuagint
   a. pagtatagubilin, Deuteronomio 3:28
   b. kaaliwan, Genesis 24:67; 37:35; Mga Awit 119:50 (sa isang pang-Mesias na kaunawaan; Isaias 40:1; 49:13; 51:3; 61:2)
   c. magkaroon ng kaawaan, Deuteronomio 32:36; Hukom 2:18; Mga Awit 135:14
   d. mang-aliw, Isaias 35:4
   e. tumawag, Exodo 15:13
2. mga sulat ni Pablo sa Corinto
   a. pagtatagubilin, I taga-Corinto 1:10; 4:16; 14:30-31; 16:15-16; II taga-Corinto 2:8; 5:20; 6:1; 8:4,6; 10:1
   b. kaaliwan, cheer up, II taga-Corinto 1:4,6; 2:7; 7:6,7,13; 13:11
   c. magkaroon ng kaawaan, mang-aliw, I taga-Corinto 4:13
   d. magsamo, mamanhik, makiusap, I taga-Corinto 16:12; II taga-Corinto 9:5; 12:18

**1:4 "upang ating maaliw ang nangasa anomang kapighatian"** Mayroong dalawang kadahilaan ang nakasaad sa kontekstong ito kung bakit ang mga Kristiyano ay nagdurusa: (1) upang sila ay maging kaaliwan sa iba, v. 4 at (2) upang maingatan tayo mula sa pagtitiwala sa sa ating mga sarili, v. 9. Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa isang nalugmok na mundo. Nangyayari ang mga masamang bagay; ilan ay estatistiko, ilan ay pansariling kasamaan, ngunit ang lahat ay maaaring gamitin (hindi ipinadala, ngunit ipinahintulog) ng Diyos para sa ating paglago at ministeryo (cf. taga-Roma 8:28-29). Tingnan si John W. Wenham, *The Goodness of God*

Ang termino, kapighatian, (i.e., *thlipsis*), sa etimolohiya ay nangangahulugang "pigain o durugin" (i.e., tulad ng pagproseso ng mga ubas o pagdurog ng trigo upang maging harina), ngunit upang dumating sa paglalarawan para sa pisikal (cf. 1:6) o emosyonal na (cf. 2:4; 11:28) trauma (cf. 4:8; 7:5).

Tanging isang maikling pansariling puna. Ito ay lubhang mahirap para sa aklat na ito na malaman kung sino ang tinutukoy ni Pablo sa mga pangmaramihang panghalip na, "tayo," "natin," at "atin." Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) ang kanyang sarili lamang; (2) sa kanya at sa kanyang pangmisyong pangkat; (3) sa kanya at ang ibang mga Apostol; o (4) sa lahat ng mga mananampalataya. Tanging ang konteksto ang makakapagpasya at minsan ito ay may kalabuan.

## NATATANGING PAKSA: KAPIGHATIAN

Mayroong pangangailangan na magkaroon ng teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng paggamit ni Pablo ng salitang ito (*thlipsis*) at ni Juan.

A. Paggamit ni Pablo (na nagpapaliwanag ng paggamit ni Hesus)
   1. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan na kinabibilangan ng isang nalugmok na sanglibutan
      a. Mateo 13:21
      b. taga-Roma 5:3
      c. I taga-Corinto 7:28
      d. II taga-Corinto 7:4
      e. taga-Efeso 3:13
   2. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaang dinulot ng mga di-mananampalataya
      a. taga-Roma 5:3; 8:35; 12:12
      b. II taga-Corinto 1:4,8; 6:4; 7:4; 8:2,13
      c. taga-Efeso 3:13
      d. taga-Filipos 4:14
      e. I taga-Tesalonica 1:6
      f. II taga-Tesalonica 1:4
   3. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan sa pagwawakas ng panahon
      a. Mateo 24:21,29

b. Marcos 13:19,24
c. II taga-Tesalonica 1:6-9

B. Paggamit ni Juan
1. Si Juan ay gumawa ng tiyak na pagkakaiba sa pagitan ng *thlipsis* at *orgē* o *thumos* (poot) sa Pahayag. *Thlipsis* ay kung ano ang ginagawa ng mga di-mananampalataya sa mga mananampalataya at *orgē* at *thumos* ay kung ano ang ginagawa ng Diyos sa mga di-mananampalataya.
   a. *thlipsis* - Pahayag 1:9; 2:9-10,22; 7:14
   b. *orgē* - Pahayag 6:16-17; 11:18; 16:19; 19:15
   c. *thumos* - Pahayag 12:12; 14:8,10,19; 15:2,7; 16:1; 18:3
2. Si Juan ay gumagamit din ng salitang ito sa kanyang Ebanghelyo upang ipaliwanag ang mga suliranin ng mga mananampalataya na kinakaharap sa bawat panahon - Juan 16:33.

**1:5 "sumasagana sa atin ang mga sakit ni Kristo"** Ang Griyegong terminong *pathēma* ay ginamit dito para sa mga paghihirap ni Kristo (cf. Lucas 22:15) at sa vv. 6 at 7 sa paghihirap ng mga mananampalataya. Si Pablo ay gumagamit ng iba't-ibang salitang para sa mga paghihirap/ mga kapighatian (*thlipsis*) ng pangmisyong pangkat sa v. 4.

Binanggit ni Pablo ang mga mananampalataya bilang mga kasamang namimighati ni Kristo nang maraming beses (cf. 4:10-11; taga-Roma 8:17; taga-Filipos 3:10; taga-Colosas 1:24). Gaya ng ating pakikibahagi sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, kaya rin, tayo ay kabahagi ng Kanyang paghihirap at pag-uusig. Ang konsepto ng namimighating Kristiyano ay kadasalang ipinapahayag (cf. Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17; taga-Galacia 6:17; taga-Filipos 1:29; 3:10; taga-Colosas 1:24; I taga-Thesalonica 3:3-4; II Timoteo 3:12; Hebreo 13:13; Santiago 1:1-4; I Pedro 2:19-23; 3:14; 4:12-19). Ito ay karaniwan para sa lahat ng mga Kristiyano. Ang paksang ito ay tila isang pinapag-isang paksa ng II taga-Corinto. Ang kasapatan din ni Kristo ay nananagana at umaapaw! Oo, mga mananampalataya ay magdurusa sa isang nalugmok na mundo sa pagiging-Kristiyano, ngunit ang ating Diyos ang magtutustos sa ating bawat pangangailangan, sa pisikal, sa emosyon, at sa espiritu sa pamamagitan ni Kristo. Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo ay hindi lamang para sa langit, ngunit para din ngayon!

**"sumasagana"** Ang pampanitikang pamamaraan ni Pablo sa II taga-Corinto ay maaaring mailarawan sa kanyang paggamit ng "sumasagana."

1. *perissos*, malabis (cf. 2:7; 9:1)
2. *perissoterōs*, lalong nananagana (cf. 2:4; 7:13)
3. *perisseuō*, sumasagana (cf. 1:5; 3:9; 4:15; 8:2; 9:8)
4. *perisseauma*, higit sa kasapatan (cf. 8:13,14)
5. *perisseia*, labis na kasaganahan (cf. 8:2; 10:15)

Kapag sumapit ito sa kung ano ang ginawa ng Diyos para sa mga mananampalataya sa pamamagitn ni Kristo, ito ay palaging "labis na kasaganahan," "malabis," "mahigit at sobra"! Tingnan ang buong tala sa 2:7**.**

**1:6 "kung. . .kung"** Ang dalawang ito ay UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI. Sa nalugmok na mundong ito, ang mga Kristiyanong pinuno ay inuusig, ngunit ito ay nagkakaloob ng isang kayamanan ng tulong at kaligtasan sa kanila na nakikinig. Ang pagdurusa ay may banal na layunin (cf. v. 7).

**"ito ay para sa inyong kaaliwan at kaligtasan"** Dahil sa ang kaaliwan ay naiuugnay sa kaligtasan, tila ito sumusunod sa OT kaunawaan ng termino, *sosō*, na nangangahulugang pisikal na pagpapalaya (cf. Mateo 9:22; Marcos 6:56; Santiago 5:20).

Mayroong maraming mga Griyegong manuskritong kaibahan na maiuugnay sa vv. 6-7. Ang pinakamaliwanag na dahilan ay sa salitang "kaaliwan" (*paraklēseōs*) sa v. 6a ay naliligalig sa katulad ding anyo sa 6b, kung saan ang namamagitang teksto ay naiwan. Sa pagtanggal, ang ibang mga salita ay idinaragdag ng mga eskriba upang gawing maliwanag ang teksto.

**"pagdadalitang may pagtitiis"** Sa Septuagint, ang terminong ito ay ginamit sa pag-asa o pag-asam (cf. Jeremias 14:8; 17:13; 50:7). Sa mga sulat ni Pablo, ito ay nagpapahiwatig ng isang "masigla, palagian, kusang pagtitiis," na magagawa lamang sa pamamagitan ng mga paghihirap na idinudulot ng ebanghelyo: na pinanampalatayanan, ipinamumuhay, at ipinangangaral. Mayroong isang kaugnayan sa mga sulat ni Pablo sa pagitan ng "pag-asa" (cf. v. 7) at "matiyagang pagtitiis" (cf. taga-Roma 5:3-5; 8:25; 15:4-5; at I taga-Thesalonica 1:3; I Timoteo 6:11).

**1:7** Gaya ng pakikibahagi ng mga mananampalataya sa mga pag-uusig, na ginawa ni Hesus, sila rin ay kabahagi ng kaaliwan ng Diyos, na ginawa ni Hesus.

Ang pag-asa ni Pablo para sa kanila ay:

**NASB** "matibay"
**NKJV** "matatag"
**NRSV** "di natitinag"
**TEV** "di mauuga"
**NJB** "tiwasay"

Ito ay ang katulad na terminong (*bebaios*) ginamit sa I taga-Corinto 1:8 at II taga-Corinto 1:21.

## NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN (GARANTIYA)

Ito ang Griyegong salitang *bebaios*, na may tatlong kahulugan.

1. Yaong alinman ay maaasahan, tiyak, o may kakayahang pagkatiwalaan (cf. taga-Roma 4:16; II taga-Corinto 1:7; Hebreo 2:20; 3:6,14; 6:19; II Pedro 1:10,19).
2. Ang pamamaraan kung saan ang pagiging mapagkakatiwalaan ng isang bagay ay nahayag o napatunayan (cf. taga-Roma 15:8; Hebreo 2:2, cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of New Testament*, Tomo 1, pp. 340,377,670).
3. sa mga papirus, ito ay naging teknikal na na salita para sa isang legal na katiyakan (cf. Moulton at Milligan, *Ang Vocabulary of Greek New Testament*, pp. 107-8).

Ito ay magiging kabaligtaran ng v. 14. Ang mga pangako ng Diyos ay may katiyakan!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:8-11

**8 Hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, ng tungkol sa mga kapighatian namin na nangyari *sa atin* sa Asya, na kami ay totoong nabigatan, ng higit sa aming kaya, ano pa't kami ay nawalan na ng pag-asa sa buhay: 9 Oo, kami'y nagkaroon sa aming sarili ng hatol sa kamatayan, upang huwag kaming magkatiwala sa amin ding sarili, kundi sa Diyos na bumubuhay na maguli ng mga patay: 10 Na siyang sa amin ay nagligtas sa gayong lubhang malaking *panganib ng* kamatayan, at nagliligtas *sa atin*: na siya naming tinatakdaan ng pag-asa na siya namang magliligtas pa sa amin; 11 Kayo naman na nagsisitulong ng inyong panalangin na patungkol sa amin; upang dahil sa kaloob na ipinagkaloob sa amin sa pamamagitan ng marami, ay makapagpasalamat *sa panalangin ng* maraming tao dahil sa amin.**

**1:8 "Hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid"** Si Pablo ay kadalawang gumagamit ng pariralang ito upang ipakilala ang alinman sa bagong impormasyon o isang konklusyon (cf. taga-Roma 1:13; 11:25; I taga-Corinto 10:1; 12:1; II taga-Corinto 1:8; I taga-Thesalonica 4:13).

▣ **"sa mga kapighatian namin na nangyari sa Asya, na kami ay totoong nabigatan, ng higit sa aming kaya"** Ito ay di-tiyak kung ano ang tinutukoy ni Pablo sa matinding pariralang ito.

1. ang kaguluhang dinulot ni Demetrio sa Mga Gawa 19:23-41
2. "pakikipaglaban sa mababangis na hayop sa Efeso" of I taga-Corinto 15:32
3. isang pagkabilanggo, maaaring na may hatol ng kamatayan (cf. vv. 9-10)
4. ilang uri ng pisikal na pagkakasakit

Anuman ito, ito ay isang buhay-o-kamatayang karanasan para kay Pablo (cf. vv. 8-10) at tila ang iglesiya sa Corinto ay narinigang patungkol dito dahil sa hindi naramdam ni Pablo ang pangangailangan na kilalanin ito.

Para sa "kalabisan" (*huperbolē*) tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

**1:9 "kami'y nagkaroon sa aming sarili ng hatol sa kamatayan"** Ito ay isang di-karaniwang pahayag. Una, ang salitang "hatol" ay tanging ginamit dito sa lahat ng sinaunang Griyegong kasulatan, kinalaunan ito ay nangahulugang "hatol sa kamatayan" (cf. Josephus, *Antiquities* 14:10:6). Si Pablo ay tila hindi tumutukoy sa isang panghukumang kautusan, ngunit sa isang pansariling kaunawaan ng kanyang nalalapit na kamatayan. Ito ang nagtulak sa kaniya at kanyang mga kasamahan na iukol ang kanilang mga sarili nang lubusan sa tulong, kahabagan at kapangyarihan ng Diyos.

Ang PANDIWA ay GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang ilang nakita na ito bilang isang paraan sa pagtukoy sa isang sakit na nasagupa nina Pablo at kanyang pang-misyong kasamahan, na may nagpapatuloy na bunga. Gayunman, ito ay maaaring naipaliwanag bilang isang AORIST, ang katulad na anyo gaya ng sa 2:13.

Ang lahat ng ito ay maidadagdag upang gawin ang pariralang ito ng may lubhang kalabuan na mayroong maraming iba't-ibang pagpapaliwanag. Bagaman ang tiyak na pisikal na mga pangyayari ay di-tiyak, ang espirituwal na kahulugan ni Pablo ay maliwanag—ang paghihirap ay tumutulong sa mga mananampalataya na mas lalong pang magtiwala ng lubusan at ganap sa Diyos, kay Kristo!

▣ **"huwag kaming magkatiwala sa amin ding sarili"** Gaya ng ipinapahayag ng v. 4 sa unang layunin ng Kristiyanong paghihirap, ang talatang ito ay nagpapahayag ng ikalawang layunin. Ang katotohanan ding ito ay maaaring makita sa "tinik sa laman" ni Pablo (cf. 12:7-9). Sa espirituwal na kalalagayan, ang pantaong kahinaan na sinasamahan ang pananampalataya ay nagpapairal ng kapangyarihan ng Diyos.

▣ **"Diyos na bumubuhay na maguli ng mga patay"** Si Pablo ba ay nag-iisip na

1. mga halimbawa sa OT ng bayan na ibinalik ng Diyos sa pisikal na pagkabuhay ( cf. I Hari 17:17-22; II Hari 4:32-37)
2. mga teolohikong pamamahayag sa OT (cf. Deuteronomio 32:39; I Samuel 2:6; II Hari 5:7)
3. ang kanyang pagtalakay ng muling pagkabuhay sa I taga-Corinto 15

**1:10 "siya naming tinatakdaan ng pag-asa"** Ang PANGHALIP ay tumutukoy sa Diyos ang Ama (cf. v. 9; I Timoteo 4:10). Anong isang kahanga-hangang naglalarawang titulo para sa Diyos. Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng makapangyarihan, kahanga-hanga, naglalarawang mga titulo para sa Diyos (Tingnan ang buong tala sa 1:3), tulad ng

1. "ang Ama ng mga kahabagan" (cf. 1:3)
2. "Diyos ng lahat kaaliwan" (cf. 1:3)
3. "sa Kanya na may kakayahan" (cf. taga-Roma 16:25; taga-Efeso 3:20)

Ang PANDIWA ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng isang nakalipas na natapos na pagkilos na may mga nananahang bunga (cf. I taga-Corinto 15:19; I Timoteo 5:5; 6:17).

**"nagligtas"** Ang terminong ito ay ginamit nang tatlong beses sa v. 10. Sinusunod nito ang OT kaunawaan sa pisikal, panlipunan, pandamdamin, espirituwal na pagpapalaya. Ginamit ni Pablo ang terminong ito nang maraming beses (cf. taga-Roma 7:24; 11:26; 15:31; II taga-Corinto 1:10; taga-Colosas 1:13; I taga-Thesalonica 1:10; II taga-Thesalonica 3:2; II Timoteo 3:11; 4:17-18). Kanya talatang iniisipna siya ay mamamatay sa Efeso (cf. vv. 8-10).

**NASB "sa gayong lubhang malaking kamatayan"**
**NKJV "mula sa isang malaking kamatayan"**
**NRSV "mula sa nakakamatay na panganib"**
**TEV "mula sa kagila-gilalas na panganib ng kamatayan"**
**NJB "mula sa ganyang kamatayan"**

Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan sa pagitan ng PANG-ISAHAN "lubhang malaking kamatayan" (i.e., MSS א, A, B, C, D, F, G) at ang PANGMARAMIHAN (i.e., MS $P^{46}$ at ang Syriac na salin, gayundin sa Griyegong teksto na ginamit nina Origen, Basil, Chrysostomo, Theodoret, Jerome, at Augustino). Ang PANGMARAMIHAN (cf. TEV) ay ang pinaka di-karaniwan at ang pinakasinauna. Ang PANGMARAMIHANG ito ay maaaring makita sa tala ng mga suliranin ni Pablo na kaniyang kinakaharap sa panloob at panlabas sa 4:8-12; 6:3-10; 11:23-29. Ang $UBS^4$ nagbibigay sa PANGMARAMIHAN ng isang "B" na antas (halos tiyak).

**1:11**
**NASB "nagsisitulong ng inyong panalangin na patungkol sa amin"**
**KJV "magkakasamang nagsitulong sa panalangin para sa atin"**
**NRSV "kasamang tumulong sa ating sa pamamagitan ng inyong mga panalangin"**
**TEV "tulungan kami sa pamamagitan ng inyong mga panalangin sa amin"**
**NJB "ang inyong mga panalangin para sa ating ay makakatulong dito"**

Maraming mga iskolar ay naniniwala sa ganitong pang-gramatikang balangkas (Murry J. Harris sa *The Expositor's Bible Commentary*, tomo 10, p. 322) ay ginamit sa isang may pasubaling kaunawaan (The Anchor Bible, tomo 32A, p. 115). Kung mga mananampalataya ay hindi nananalangin, sa anumang paraan, ang Makapangyarihang Diyos ay piniling hindi kumilos (cf. Santiago 4:2). Ipinapakita nito ang mga pakinabang sa namamagitang panalangin (cf. Efeso 6:18-20). Nadama ni Pablo na ang mga panalangin ng mga Kristiyano ay nauugnay sa pagiging mapagbiyaya ng Diyos, na nagligtas sa kaniya mula sa kamatayan at ito ay nagpatuloy na kalingain at iligtas siya. Ang pagpapalaya ng Diyos kay Pablo ay kinikilala at pinagpapasalamat ng marami na pinapala sa nagpapatuloy na ministeryo ni Pablo.

**"maraming tao"** Ito sa literal ay "mukha" (i.e., *prosōpon*) Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng terminong ito sa II taga-Corinto (cf. 2:10; 3:7 [dalawang beses],13,18; 4:6; 5:12; 8:24; 10:1,7; 11:20). Ito ay maaaring isang OT pagkabanggit sa pamantayang pisikal na posisyon ng Hudyong panalangin na may ulong nakatingala, na tiyak na umaakma sa kontekstong ito.

Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito sa maraming mga kaunawaan sa II taga-Corinto:

1. para sa mga tao, 1:11; 2:10; 4:6
2. para sa mukha ng isang tao, 3:7 (dalawang beses),13,18; 10:1,7; 11:20
3. talinghaga para sa bago sa kaunawaan ng "nasa harapan ng" (i.e., posisyon, hindi oras), 8:24
4. talinghaga para sa panlabas na itsura (cf. NRSV), 5:12

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:12-14

**[12]Sapagkat ang aming pagmamapuri ay ito, ang pagpapatotoo ng aming budhi, ayon sa kabanalan at katapatan sa Diyos, hindi ayon sa karunungan ng laman, kundi sa biyaya ng Diyos, na kami'y nagugali ng gayon sa sanglibutan at lalong sagana pa nga sa inyo. [13]Sapagkat hindi namin kayo sinusulatan ng ibang mga bagay, maliban na sa inyong binabasa, o kinikilala, at umaasa ako na inyong kikilalanin hanggang sa katapusan: [14]Gaya naman ng inyong bahagyang pagkilala sa amin, na kami'y inyong kapurihan, gayon din naman kayo'y sa amin, sa araw ng Panginoong si Hesus.**

**1:12 "ang aming pagmamapuri"** Ang mga Griyegong termino *kauchaomai, kauchēma,* at *kauchēsis* ay ginamit ng halos tatlumpu't-limang beses ni Pablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa sa Santiago). Ang nangingibabaw na paggamit nito ay nasa I at II taga-Corinto**.**

Mayroong dalawang pangunahing katotohanan kaugnay ng pagmamapuri:

1. walang lamang ang makakapagluwalhati/makakapag mapuri sa harapan ng Diyos (cf. I taga-Corinto 1:29; taga-Efeso 2:9)
2. mga mananampalataya ay kailangang luwalhatiin ang Panginoon (cf. I taga-Corinto 1:31; II taga-Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23-24)

Samakatuwid, mayroong nararapat at di-nararapat pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e., kayabangan).

1. nararapat
   a. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. taga-Roma 4:2)
   b. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. taga-Roma 5:11)
   c. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I taga-Corinto 1:17-18; taga-Galacia 6:14)
   d. Nagmamapuri sa Pablo sa
      (1) kanyang ministeryo na walang kabayaran (cf. I taga-Corinto 9:15,16; II taga-Corinto 10:12)
      (2) kanyang awtoridad mula kay Kristo (cf. II taga-Corinto 10:8,12)
      (3) kanyang hindi mamapuri sa pagpapagal ng ibang mga tao (gaya ng ilan sa Corinto, cf. II taga-Corinto 10:15)
      (4) kanyang pinagmulang lahi (gaya ng ginawa ng iba sa Corinto, cf. II taga-Corinto 11:17; 12:1,5,6)
      (5) kanyang mga iglesiya
         (a) Corinto (cf. II taga-Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
         (b) Thesalonica (cf. II taga-Thesalonica 1:4)
      (6) kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II taga-Corinto 1:12)
2. di-nararapat
   a. may kaugnayan sa pang-Hudyong pinagmulan (cf. taga-Roma 2:17,23; 3:27; taga-Galacia 6:13)
   b. ilang sa iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
      (1) sa mga lalaki (cf. I taga-Corinto 3:21)
      (2) sa karunungan (cf. I taga-Corinto 4:7)
      (3) sa kalayaan (cf. I taga-Corinto 5:6)
   c. ang mga bulaang guro sinusubukang magpapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II taga-Corinto 11:12**)**

▣ **"ang pagpapatotoo ng aming budhi"** Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng terminong "budhi" sa mga sulat sa taga-Corinto (cf. 4:4; 8:7,10,12; 10:25,27,28,29; II taga-Corinto 1:12; 4:2; 5:11). Ito ay tumutukoy sa panloob na kaunawaan ng pag-uugali sa kung ano ang nararapat o di-nararapat (cf. Mga Gawa 23:1; taga-Roma 2:15). Ang budhi ay maaaring maapektuhan ng ating nakalipas na pamumuhay, ating mga maling pagpili, o sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Ito ay hindi isang walang-maling gabay (cf. I taga-Corinto 4:4; 8:7; I Timoteo 4:2), ngunit ito ang nagpapasiya ng mga hangganan ng indibidwal na pananampalataya (cf. I Timoteo 1:5,19). Samakatuwid, ang labagin ang ating budhi, kahit na kung ito ay nasa kamalian o mahina, ay isang pangunahing suliranin sa pananampalataya.

Ang budhin ng mananampalataya ay nangangailangang mas lalong mahubog ng Salita ng Diyos at ng Espiritu ng Diyos (cf. I Timoteo 3:9). Hahatulan ng Diyos ang mga mananampalataya sa liwanag na kanilang taglay, ngunit ang lahat ng mga mananampalataya ay nangangailangan na lumalagong bukas sa Bibliya at sa Espiritu para sa mas higit na liwanag at upang magpatuloy sa paglago sa kaalaman ng Panginoong Hesukristo. Sa kontekstong ito, ang kahatulan sa huling araw ay ang layunin (cf. vv. 13-14). Hahatulan ng Diyos ang mga tao sa liwanag ng kanilang kaunawaan, kanilang budhi (cf. taga-Roma 2:15-16; 9:1; 13:5).

Ang mga layunin at mga pagkilos ni Pablo ay mahigpit na binabatikos ng isang minorya ng mga bulaang guro sa Corinto (cf. mga kabanata 10-13). Tila mayroong dalawang mga pangkat: (1) isang lokal na pangkat ng mga katunggali at (2) isang naglalakbay na Hudyong pangkat ng mga bulaang guro sa Palestina.

▣ **"kabanalan"** Ang ilang Griyegong mga manuskrito ay may "kabanalan" (i.e P[46], א*, A, B, C, K, P, at Coptic NASB, NIV, at NJB mga salin). Ang iba ay may "kapayakan" (i.e., א[2], D, F, G, at ang Vulgata, Peshitta, NKJV, NRSV, at TEV na mga salin). Si Bruce Metzger sa *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, ay nagpuna na ang komite para sa pagsasalin ng UBS[3] ay mas gusto ang "kapayakan" (*haplotēti*), ngunit binigyan ito ng isang "D" na antas, na nangangahulugang isang napakataas na antas ng pagduruda (p. 575). Gayunman, ang UBS[4] na edisyon ay binibigyan ito isang "B" na antas, na nangangahulugang halos tiyak (p. 612). Ang lumaking katiyakan ay nagmula sa katotohanan na si Pablo ay gumagamit ng ang terminong "kapayakan" sa 11:3 (at ang katulad na terminong isalin na "kagandahang-loob" sa 8:2; 9:11,13), ngunit hindi sa anuman sa kanyang mga sulat na gumamit siya ng *hagiotēti*.

▣ **"katapatan"** Ang terminong ito ay may dalawang kahulugan, "mabuting-kalooban" o "matapat." Ito ay isang talinghaga na nauugnay sa paningin. Sa OT ang mata ay ginamit bilang isang talinghaga para sa motibo sa dalawang paraan (1) masama mata (madamot, BDB 949, cf. Deuteronomio 15:9-10) at (2) mabuting mata (mabuting kalooban, BDB 373 III, cf. Kawikaan 22:9).

Sununod ni Hesus ang paggamit nito (cf. Mateo 6:22-23; 20:15). Ginamit ni Pedro ang terminong ito sa dalawang mga kaunawaan.

1. "kapayakan, katapatan, kadalisayan" (i.e., walang tinatagong adyenda o bulaang pagkukunwari cf. II taga-Corinto 1:12; 11:3; taga-Efeso 6:5; taga-Colosas 3:22)
2. "bukas-palad" (cf. taga-Roma 12:8; II taga-Corinto 8:2; 9:11,13)

▣ **"hindi ayon sa karunungan ng laman"** Tinatalakay ni Pablo ang karunungan ng mundo nang malawakan sa I taga-Corinto (cf. 1:18-31; 2:1-16; at 3:18-23 at panunuya sa 4:10; 6:5 at maaaring sa 10:15). Si Pablo ay gumagamit ng katulad na mga parirala na tumutukoy sa pantaong karunungan sa I taga-Corinto 1:17; 2:4,13-14. Sa talatang ito, siya ay gumagawa ng isang paglalaro sa karunungan ng mundo laban sa biyaya na nananahan sa mundo. Ang katibayan ni Pablo ng kanyang pamumuno ay hindi sa lohika o retorika lamang, ngunit sa maka-Diyos na pamumuhay at isang malinis na budhi sa harapan ng Diyos. Inaangkin ni Pablo na naisulat ito sa kanila sa payak, maliwanag, madaling-maunawaang mga termino. Kung sila ay lubhang marunong, madali at walang kahirap-hirap nilang mauunawaan ang kanyang mga salita, mga layunin, at mga kahihinatnan sa pamumuhay, ngunit sila ay hindi nakaunawa.

Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito "laman" sa maraming paraan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

**1:13-14** Ang mga talatang ito ay nasa isang kaagapay na balangkas at ay tila tumutukoy sa nakalipas na mga sulat ni Pablo sa Corinto (na di-tiyak). Siya ay sumulat upang maunawaan. Gayunman, ang kanilang mga pag-uugali at mga pamumuhay ay nagpapakita sa sila ay nakaunawa lamang nang bahagya.

Ang termino bang *telous* sa kontekstong ito ay nangangahulugang "lubusan" (TEV, NJB, NIV) o "katapusan" (NASB, NKJV, NRSV)? Kapwa ay may kaunawaan. Kung "lubusan" (i.e., lubusan na inihahambing sa bahagya) ito ay maiuugnay sa unang bahagi ng v. 14. Kung "katapusan" ito ay kaagapay ng "ang araw ng ating Panginoong Hesus" sa huling bahagi ng v. 14.

▣ **"na kami'y inyong kapurihan, gayon din naman kayo'y sa amin"** Ang iglesiya sa Corinto ay pagpapatunay ng apostolikong pagiging mabisa ni Pablo. Ninanais ni Pablo na ang kanilang mga salita, mga layunin, at mga pagkilos ay magiging pinagmulan ng pagmamataas at nararapat na pagmamapuri kapag bumalik ang Panginoon upang humatol (i.e., "ang araw ng ating Panginoong Hesus," cf. I taga-Corinto 1:8; 5:5; taga-Filipos 1:6,10; 2:16; I taga-Thesalonica 5:2; II Thess 2:2).

**1:14 "sa araw ng ating Panginoong Hesus"** Ang pariralang "sa araw " ay isang OT wikain. Tingnan ang ang tala mula sa aking komentaryo sa Amos 2:16.

Ang pariralang ito, "sa araw na iyan" o "sa araw na iyon," ay isang paraan para sa ika-8 siglong mga propeta na magsalita ng pagdalaw ng Diyos (presensya), kapwa para sa kahatulan at pagpapanumbalik.

| **Oseas** | | **Amos** | | **Mikas** | |
|---|---|---|---|---|---|
| paayon | pasalungat | paayon | pasalungat | paayon | pasalungat |
| 1:11 | 1:5 | | 1:14(2) | | 2:4 |
| | 2:3 | | 2:16 | | 3:6 |
| 2:15 | | | 3:14 | 4:6 | |
| | | | 5:18 (2) | | |
| | | | 5:20 | | |
| 2:16 | | | 6:3 | | 5:10 |
| 2:21 | 3:18(2) | | 8:3 | | 7:4 |
| | 5:9 | | 8:9(2) | 7:11(2) | |
| | 7:5 | | 8:10 | 7:12 | |
| | 9:5 | 9:11 | 8:13 | | |
| | 10:14 | | | | |

Ang huwarang ito ay karaniwan sa mga propeta. Ang Diyos ay kikilos laban sa kasalanan sa takdang panahon, ngunit Siya rin ay nag-aalok ng isang araw ng pagsisisi at pagpapatawag to kanila na magbabago ng kanilang mga puso at mga pagkilos! Ang layung pagtubos at pagpapanumbalik ng Diyos maisasakatuparan! Siya ay magtataglay ng isang bayan na magpapakilala ng Kanyang katangian. Ang layunin ng paglalang (pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan) ay matutupad!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:15-22

**[15]At sa pagkakatiwalang ito ay ninasa kong pumariyan muna sa inyo, upang kayo'y dalawang beses na makatanggap ng isang pagpapala; [16]At magdaan sa inyo na patungo sa Macedonia, at muling buhat sa Macedonia ay magbalik sa inyo, at nang tulungan ninyo ako sa paglalakbay ko sa Judea. [17]Nang nasain ko nga ang ganito, ako baga kaya ay nagatubili? o ang mga bagay na ninasa ko, ay mga ninasa ko baga ayon sa laman, upang magkaroon sa akin ng oo, oo, at ng hindi, hindi *sa isang panahon*? [18]Nguni't palibhasa'y ang Diyos ay tapat, ang aming salita sa inyo ay di oo at hindi. [19]Sapagkat ang Anak ng Diyos, si Hesukristo, na ipinangaral namin sa inyo, ako at si Silvano at si Timoteo,**

**hindi naging oo at hindi, kundi sa kaniya ay naging oo. [20]Sapagkat maging gaano man ang mga pangako ng Diyos, ay nasa kaniya ang oo: kaya nga naman na sa kaniya ang Siya Nawa sa ikaluluwalhati ng Diyos sa pamamagitan namin. [21]Ngayon, siya na ang nagpapatibay sa amin na kasama ninyo kay Kristo, at nagpahid sa atin, ay ang Diyos, [22]Na siyang nagtatak naman sa atin, at nagbigay *sa atin* bilang isang garantiya ng Espiritu sa ating mga puso.**

**1:15 "sa pagkakatiwalang ito"** Tingnan ang buong tala sa 3:4.

**"ninasa kong pumariyan muna sa inyo"** "Ninasa ko" ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugang umuulit na mga pagkilos, ang mga kaisipang ito, sa nakalipas na panahon. Sa I taga-Corinto 16:2-8 sinabi ni Pablo sa kanila ang kanyang iminungkahing mga plano sa paglalakbay. Dahil sa kanilang mga pagkilos, kinalaunan ay binago niya ang kanyang isipan dahil sa hindi niya gusto na dumating sa kahatulan, ngunit sa kagalakan! Ang matabil na minorya ay pinaparatangan siya na pabago-bagong-isip, hindi lamang kanyang mga plano sa paglalakbay, ngunit sa kanyang ebanghelyo (cf. vv. 18-20).

**NASB** **"upang kayo'y dalawang beses na makatanggap ng isang pagpapala"**
**NKJV** **"na kayo ay magkaroon ng ikawalang pakinabang"**
**NRSV** **"upang kayo ay makatanggap ng tambalang tulong"**
**TEV** **"upang kayo ay pagpalain ng dalawang beses"**
**NJB** **"upang kayo ay makinabang ng doble"**

Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan dito. Ang ilang mga manuskrito ay ay *charin*, na nagmula sa *charis*, na nangangahulugang pakinabang o tulong (i.e., $\aleph^*$, A, C, D, F, G, at ang Syriac at Armeniang mga salin).

Ang ibang mga manuskrito ay may *charan*, na nagmula sa sa *chara*, na nangangahulugang kaligayahan, kagalakan, o pagkagalak (i.e., $\aleph^2$, B, L, P). Ang UBS$^4$ Griyegong teksto ay binibigyan ang *charin* ng isang "B" (halos tiyak) na antas. Sa kontekstong ito, (i.e., v. 16) ito ay tumutukoy kay Pablo na darating nang dalawang beses sa Corinto na may pagkakataon para sa kanila sa pagtutustos ng kanyang mga pangangailangan habang siya ay naglalakbay (cf. Gordon D. Fee, *To What End Exegesis?*, pp. 99-104).

**1:16 "at nang tulungan ninyo ako sa paglalakbay ko sa Judea"** Si Pablo ay hindi tumatanggap ng salapi mula sa iglesiya sa Corinto habang siya ay naglilingkod sa kanila. Siya ay natatakot na siya ay aatakihin sa isyung ito. Gaya npinagmulangasahan, siya ay inatake sa hindi niya pagtanggap ng salapi mula sa kanila.

Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng na hahayaan niyang tustusan ng iglesiyang ito ang kanyang pang-misyong mga pangangailangan sa paglalakbay (cf. I taga-Corinto 16:6; taga-Roma 15:24). Ito ay maaaring isang paraan sa pagsubok sa kanilang katapatan sa kaniya at sa ebanghelyo at upang patahimikin ang kanyang mga kritiko.

**1:17 "ninasa ko, ay mga ninasa ko baga ayon sa laman"** Ang pariralang ito ay maaaring magpakilala sa mga kritiko ni Pablo (cf. 10:2-3; 11:18) o si Pablo na hinahangan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng kanyang ginagawa, kasama ang paglalakbay (cf. I taga-Corinto 4:19; 16:7; Mga Gawa 18:21; taga-Roma 1:10; 15:32).

Na ang ikalawang pamimilian ay pinakaumaakma sa kontekstong ito ay maaaring makita mula sa v. 18a. Ang katapatan ng Diyos ay isang paulit-ulit na paksa sa mga sulat ni Pablo (cf. I taga-Corinto 1:9; 10:13; I taga-Thesalonica 5:24; II taga-Thesalonica 3:3).

Para sa "laman" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

**1:18 "Diyos ay tapat"** Ang pagiging matapat ay inilagay sa unahan para sa pagbibigay-diin. Sa mga sulat ni Pablo, ito ay naging isang naglalarawang titulo para sa Diyos (cf. I taga-Corinto 1:9; 10:13; I taga-Thesalonica 5:24; II taga-Thesalonica 3:3). Sa OT, ang pananampalataya ay kadalasang nauunawaan bilang katapatan. Ito ay ang napakahalagang katangian ng Diyos (cf. Deuteronomio 7:9; Isaias 49:7). Ang kanyang mapagbiyaya, matapat na katangian ay di-nagbabago (cf. Malakias 3:6). Ang pag-asa ng sangkatauhan ay hindi sa pantaong pagsasakatuparan o kabanalan, ngunit sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. 1:12,15,20)!

**1:19 "ang Anak ng Diyos, Kristo Hesus"** Hindi madalas gamitin ni Pablo ang pariralang "Anak ng Diyos" (cf. taga-Roma 1:4; dito, at taga-Galacia 2:20). Gayunman, ang konsepto at kaugnay na pagbigkas ay napaka-karaniwan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9.

**"Silvano"** Si Silas, o Silvano, ay ang lalaking pinili ni Pablo na sumama sa kaniya sa ikalawang pangmisyong paglalakbay pagkatapos na sina Bernabe at Juan Marcos ay bumalik sa Cyprus.

1. Siya ay unang binanggit sa Bibliya sa Mga Gawa 15:22 kung saan siya ay tinawag na isang punong lalaki sa gitna ng mga kapatiran sa Iglesiya sa Herusalem.
2. Siya rin ay isang propeta (cf. Mga Gawa 15:32).
3. Siya ay isang Romanong mamamayan tulad ni Pablo (cf. Mga Gawa 16:37).

4. Siya at Judas Barsabbas ay nagtungo sa Antioch upang ang Iglesiya sa Herusalem upang masuri ang kalagayan (cf. Mga Gawa 15:22,30-35).
5. Binanggit siya ni Pablo sa II taga-Corinto 1:19 bilang isang kasamang mangangaral ng ebanghelyo.
6. Kinalaunan siya ay kinilalang kasama ni Pedro sa pagsusulat ng I Pedro. (cf. I Pedro 5:12).
7. Kapwa sina Pablo at Pedro ay tinawag siyang Silvano habang si Lucas ay tinatawag siyang Silas (ang Aramaikong anyo ng Saul). Ito ay maaaring Silas ay kanyang Hudyong pangalan at Silvano kanyang Latin na pangalan (cf. F. F. Bruce, *Paul: Apostle of Heart Set Free*, p. 213).

**1:19-20 "kundi sa kaniya ay naging oo"** Ang mga talatang 19 at 20 ay masiksik sa teolohiya! Si Pablo ay nagpapahayag na ang pangmisyong pangkat (ang kanyang sarili, Silvano, at Timoteo) ay ipinangaral si Hesus bilang katuparang pangako ng Diyos bilang Anak ng Diyos at tanging pag-asa ng sangkatauhan sa kanila bilang ang tugatog ng OT kapahayagan! Ang pangangaral ay hindi mababaw, ngunit maliwanag (cf. v. 18). Si Hesus ay ang "oo" ng Ama para sa bawat pangako, bawat pangangailangan, bawat pag-asa (i.e., GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG of *ginomai*). Sa pamamagitan ng panindigan kay Hesus, sila ay nagbibibgay-luwalhati sa pagtutustos ng Ama.

Ang lahat ng kaalaman ng iglesiya sa Corinto (1) sa Diyos, (2) sa Kanyang Anak, (3) sa Kanyang mga pangako (cf. taga-Roma 9:4) at (4) sa Kanyang mga mapagbiyayang panustos ay nagmula sa pangmisyong pangkat ni Pablo. Kung sila ay nagsimulang magduda sa mga layunin at mensahe ni Pablo, sila ay nawalan na ng pagtitiwala sa ebanghelyo!

**1:20 "Amen"** Tingnan ang mas buong tala sa I taga-Corinto 14:16c.

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: kaluwalhatian at I taga-Corinto 2:7.

**1:21-22** Mayroong isang tiyak na balangkas sa dalawang talata ito na naglalarawan kung ano ang ginawa ng Diyos (i.e., "Ang Siyang") upang tustusan at itaguyod ang pangmisyong pangkat.

1. Ang Diyos ang nagtatag sa kanila, v. 21 (cf. I taga-Corinto 1:8). Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na nagtuturo sa isang nagpapatuloy na pagkilos. Ito ay nangangahulugang pagtibayin, patatagin, palagian, di-natitinag (cf. 1:7; taga-Roma 4:16). Ang terminong ito ay ginamit sa mga papyrus upang ipakilala ang isang legal katiyakan (garantiya) (cf. Moulton at Milligan, p. 107).
2. Pinili tayo ng Diyos, v. 21 (cf. I Juan 2:20,27). Ito ay isang AORIST TAHAS NA PANDIWARI. Ang PANAHUNAN ay tumuturo sa isang natapos, minsan lang na pagkilos. Ang termino mismo ay nagpapakilala ng isang OT konsepto ng pagpili at pagtutustos ng Diyos para sa ministeryo ng tiyak na mga pinuno ng Israel
   a. mga propeta, cf. I Hari 19:16 at maaaring kaagapay ng I Cronica 16:22; Mga Awit 105:15
   b. mga saserdote, cf. Exodo 40:15; Levitico 4:3; Mga Awit 105:15
   c. mga hari, cf. I Samuel 9:16; Mga Awit 2:2; 18:50; 20:6; Habakkuk 3:13)

   Ang terminong ito na nasa Griyego ay isinasalin na "Kristo" kapag tumutukoy sa Mesias (i.e., ang Pinahiran). Ang mga mananampalataya rin ay pinili at pinapalakas ng Diyos upang paglingkuran ang Kanyang mga layunin sa kaharian.
3. Tinatakan tayo ng Diyos, v. 22 (cf. Juan 3:33; 6:27; taga-Roma 4:11; 15:28; I taga-Corinto 9:2; taga-Efeso 1:13; 4:30; II Timoteo 2:19; Pahayag 7:3-8). Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PANDIWARI na nangangahulugang lagyan ng tanda ang isang bagay o isang tao bilang isang ari-arian, o tunay o bilang naipadala nang ligtas. Ang mga mananampalataya ay pag-aari ng Diyos!
4. Pinagkalooban tayo ng Diyos ng Espiritu sa ating mga puso bilang isang ipinangako, v. 22 (cf. 5:5; taga-Roma 8:9-16,23,26-27; taga-Efeso 1:13-14).

Ang terminong "ipinagkaloob" ay isa pang AORIST TAHAS NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig na isang natapos na pagkilos. Ang Diyos ay lubusang nagkaloob para sa Kanyang mga anak.

- pagtatatag (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN)
- pinili (AORIST PANAHUNAN)
- tinatakan (AORIST PANAHUNAN)
- pinagkalooban ng Espiritu (AORIST PANAHUNAN)

Ang lahat ng pagtutustos ng Diyos ay nauugnay sa pagtitiwala ni Pablo sa vv. 15,19-20. Ang pagtitiwala ni Pablo ay nasa mga pagkilos at mga pagtutustos ng Ama at ng Anak at ng Espiritu.

▣ **"Kristo. . .Diyos. . .Espiritu"** Pansinin na ang Trinidad ay aktibo sa ating katiyakan (tingnan ang Natatanging Paksa na susunod). Bagaman ang terminong "Trinidad" ay hindi nakikita Bibliya, ang konsepto ay paulit-ulit (cf. I taga-Corinto 12:4-6; II taga-Corinto 13:14). Ang kristiyanismo ay isang monoteistikong pananampalataya (cf. Deut 6:4). Gayunman, kung si Hesus ay may pagka-Diyos at ang Banal na Espiritu ay isang persona, tayo ay may tatlong persona sa isang banal na esensya. Isang Trinidad na may pagkakaisa! Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 2:10.

## NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may tatlong pagsusuri o mga katunayan.
   1. Pang-Doktrina (pananampalataya) (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
   2. Pamumuhay (pagsunod) (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
   3. Panlipunan (pag-ibig) (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal
   1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
   2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
   3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesiya ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesiya. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
   4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. Galacia 5:22-23).

C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
   1. Pag-ibig ng Diyos Ama
      a. Juan 3:16; 10:28-29
      b. taga-Roma 8:31-39
      c. taga-Efeso 2:5,8-9
      d. taga-Filipos 1:6
      e. I Pedro 1:3-5
      f. I Juan 4:7-21
   2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
      a. Kamatayang para sa ating kapakanan
         1) Mga Gawa 2:23
         2) taga-Roma 5:6-11
         3) II taga-Corinto 5:21
         4) I Juan 2:2; 4:9-10
      b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
      c. Nagpapatuloy na pamamagitan
         1) taga-Roma 8:34
         2) Hebreo 7:25
         3) I Juan 2:1
   3. Gawain ng Diyos Espiritu
      a. pagtawag (Juan 6:44,65)
      b. pagtatak
         1) II Corinto 1:22; 5:5
         2) taga-Efeso 1:13-14; 4:3
      c. pagtitiyak
         1) taga-Roma 8:16-17
         2) I Juan 5:7-13

D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
   1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
      a. Marcos 1:15
      b. Mga Gawa 3:16,19; 20:21
   2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo
      a. Juan 1:12; 3:16
      b. taga-Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
      c. taga-Efeso 2:5,8-9
   3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya
      a. Marcos 13:13
      b. I taga-Corinto 15:2
      c. taga-Galacia 6:9
      d. Hebreo 3:14
      e. II Pedro 1:10

f. Judas 20-21
g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21
4. Ang mga mananampalataya ay haharap sa tatlong pagsusuri
   a. Pang-doktrina (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16)
   b. pamumuhay (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10)
   c. panlipunan (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa
1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I taga-Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
5. Sa Biblya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19)

**1:22 "nagtatak sa atin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Tatak sa I taga-Corinto 9:2.

▣ **"mga puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 14:25.

▣ **"bilang isang garantiya"** Ito ay nagsasabi ng kapwa pangako ng buong kabayaran sa hinaharap at bahaging kabayaran ngayon. Ang bahaging kabayaran ng Diyos ay ang buhay ng Kanyang Anak at ang lubusang presensiya ng Kanyang Espiritu (cf. taga-Efeso 1:3-14). Tingnan ang buong tala sa 5:5.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:23-24

**23 Datapuwat ang Diyos ang tinatawag kong maging saksi sa aking kaluluwa, na upang tulungan kayo ay hindi muna ako napariyan sa Corinto. 24 Hindi sa kami ay may pagkapanginoon sa inyong pananampalataya, kundi kami ay mga tagatulong sa inyong katuwaan: sapagkat sa pananampalataya kayo'y nangagsisitatag.**

**1:23**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Datapuwat ang Diyos ang tinatawag kong maging saksi sa aking kaluluwa"** |
| **NKJV** | **"Gayundin, ang Diyos ang tinatawang kong saksi laban sa aking kaluluwa"** |
| **NRSV** | **"Ngunit aking tinatawag ang Diyos bilang saksi laban sa akin"** |
| **TEV** | **"Tinatawag kong saksi ang aking Diyos—nalalaman niya ang aking puso"** |
| **NJB** | **"Sa aking buhay tinatawag ko ang Diyos na maging aking saksi"** |

Ito ay isang panunumpa ng katapatan. Kadalasang ginagamit ni Pablo ang mga panumumpa upang pagtibayin ang kanyang mga salita (cf. 11:11,31; taga-Roma 1:9; taga-Galacia 1:20; taga-Filipos 1:8; I taga-Thesalonica 2:5).

▣ **"upang tulungan kayo"** Ang pagbabago sa mga plano sa paglalakbay ni Pablo ay hindi isang halimbawa ng kanyang pagiging pabago-bago, ngunit ng kanyang pag-ibig. Pinili niyang hindi bumalik sa isang kalalagayan na kung saang ang kanyang pamimilian ay kahatulan at pagtatalo. Ang mga bulaang guro tinuligsa ang kanyang mga layunin at mga pagkilos. Si Pablo ay nagtatakda ng isang tuwid na tala!

▣ **"hindi muna ako napariyan sa Corinto"** Mayroong maraming pagtatalo patungkol sa bilang ng pagdalaw na ginawa ni Pablo mula sa Efeso patungo sa Corinto at ang bilang ng mga sulat na kanyang isinulat sa iglesiya sa Corinto. Para sa mas maring impormasyon, tingnan ang panimula sa II taga-Corinto, D.

**1:24 "Hindi sa kami ay may pagkapanginoon sa inyong pananampalataya"** Dito, nakita natin ang pagtimbang sa pagitan ni Pablo bilang isang Apostol na may awtoridad, 1:1, at ang kalayaan nitong lokal na kongregasyon. Ang biblikal na pananampalataya, ang pangkasunduang pananampalataya, ay nagsisimula at lumalago sa mga kusang pagpili na dapat magbunga ng kaligayahan, katatagan, at paglago.

▣ **"sapagkat sa pananampalataya kayo'y nangagsisitatag"** Binanggit ni Pablo ang konseptong ito sa I taga-Corinto 15:1 (cf. taga-Roma 5:2; 11:20). Ito ay mayroong isang kaligiran sa OT (cf. Mga Awit 76:7; 130:3; Nahum 1:6; Malakias 3:2; tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9). Nagsasabi ito ng nagtitiwalang pananampalataya sa presensiya ng Diyos. Sa liwanag ng mga suliranin sa Corinto, ito ay isang nakakagulat na pahayag. Ang iglesiya sa Corinto ay kahit na papaano ay hindi kasing apektado ng pagdating ng mga bulaang guro na gaya ng nangyari sa iglesiya sa Galacia. Ang ilang ng mga bahay-iglesiya ay malakas at dalisay (i.e., GANAP NAPANAHUNAN, "kayao ay naging at magpapatuloy sa manindigan"). Tingnan ang Natatanging

Paksa: Manindigan (*Histēmi*) sa I taga-Corinto 15:1.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kung si Pablo ay sumusulat sa isang lokal na suliranin sa Corinto, bakit kailangang basahin ang sulat sa buong Acaya? (v. 1)
2. Ano ay dalawang pakinabang ng pagdurusa na binanggit sa vv. 4 at 9?
3. Ano ang pinagdusahan ni Pablo sa Asya na halos ikamatay niya? (vv.8-10)
4. Bakit inaatake si Pablo kanyang pagbabago ng mga plano sa paglalakbay? (I taga-Corinto 16:1-8 laban sa II taga-Corinto 1:12-20)
5. Bakit tayo naniniwala sa isang Trinidad?

# II MGA TAGA-CORINTO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapaliban sa Pagdalaw ni Pablo | Pagpapatawad sa Iglesiya | Kasalukuyang Ugnayan sa mga Iglesiya | Ang Pagbabago sa mga Plano ni Pablo | Bakit binago ni Pablo ang mga Plano |
| (1:12-2:4) | | (1:12-2:13) | (1:12-2:4) | (1:12-2:11) |
| | 1:15-2:2 | | | |
| 1:23-2:4 | Pagpapatawag sa may Kasalanan | 1:23-2:4 | 1:23-2:4 | |
| Pagpagpapatawad sa mga May Sala | 2:3-11 | | Pagpapatawad sa mga Nagkasala | |
| 2:5-11 | | 2:5-11 | 2:5-11 | 2:5-11 |
| Pagkabahala at Kaginhawaan Pablo | Tagumpay kay Kristo | | Pagkabahala ni Pablo sa Troas | Mula sa Troas papuntang Macedonia—ang Pagka-Apostol: Ang Kahalagahan Nito |
| 2:12-13 | 2:12-13 | 2:12-13 | 2:12-13 | (2:12-4:6) |
| | | Ang Ating Ministeryo | | |
| | | (2:14-3:6) | Tagumpay sa pamamagitan ni Kristo | |
| 2:14-17 | 2:14-17 | 2:14-17 | 2:14-17 | 2:12-3:3 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Mayroong maraming pagtalakay sa gitna ng mga komentarista sa kung ilang pagdalaw at mga sulat Pablo ang ginawa ni Pablo sa iglesiyang ito. Ang kabanatang ito ay ang pinakabuod ng pagtalakay na ito dahil sa ito ay tila tumutukoy sa isang nakaraang sulat at isang nakasasakit na bisita. Mayroong maraming kalabuan sa kapwa teksto at ating kaalaman sa buhay ni Pablo. Ang dogmatismo ay di-nararapat.

B. Ang isa pang bahagi ng pagtatalo na nakapaloob kabanatang ito ay kung ang may salang binanggit sa vv. 5 at 6 ay
   1. katulad ng sa imoral na lalaki sa I taga-Corinto 5
   2. isang pinuno ng isa sa mga maliliit na pangkat o mga bahay iglesiya na tinatalakay sa I taga-Corinto (1-4)
   3. isang pasimuno sa mga bulaang guro mula sa Herusalem na hinarap si Pablo nang personal sa masakit na pagdalaw na ito (II taga-Corinto 10-13).

C. Ang pagbabahagi sa kabanatang ito ay maliwanag na di-nararapat. Ang kabanata 2 ay kailangang iugnay sa pagtalakay sa mga plano sa paglalakbay ni Pablo na binanggit sa II taga-Corinto 1:15ff.

D. Mayroong isang malaking paglihis sa paksa o panaklong sa pagsisimula ng II taga-Corinto 2:14. Si Pablo ay hindi bumalik sa kanyang mga pagtalakay patungkol sa pagpupulong kay Tito sa Macedonia hanggang sa II taga-Corinto 7:5. Salamat sa Diyos para sa ganitong paglihis ng paksa dahil ipinapakita nito sa atin ang puso Pablo at kanyang marubdog na pag-ibig kay Hesukristo!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-4**

**1 Datapuwat ito'y ipinasiya ko sa aking sarili, na hindi na ako muling paririyan sa inyo na may kalumbayan. 2 Sapagkat kung kayo'y palulumbayin ko, sino nga ang sa akin ay magpapagalak, kundi yaong pinalulumbay ko? 3 At aking isinulat ang bagay ring ito, upang pagdating ko ay huwag akong magkaroon ng kalumbayan doon sa mga nararapat kong ikagalak; sa pagkakatiwala sa inyong lahat, na ang aking kagalakan ay *ang kagalakan* ninyong lahat. 4 Sapagkat sa malaking kapighatian at hapis ng puso ay sinulatan ko kayo na may maraming luha; hindi upang kayo'y palumbayin, kundi upang inyong makilala ang pag-ibig kong napakasagana sa inyo.**

**2:1**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Datapuwat"** |
| **NRSV, TEV, NIV, REB** | **"Dahil dito"** |
| **NJB** | **"Kaya"** |
| **RSV** | **"Para sa"** |

Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan sa pagitan ng "dahil dito" (i.e., *gar*, cf. P[46] at B) at "ngunit" (i.e., *de*, cf. א, A, C, D, F, G). Ang UBS[4] ay binibigyan ang "dahil dito" ng isang "C" na antas, na nangangahulugang hindi sila makapagpasiya. Kadalasang ang MGA PANGATNIG ay napakahalaga sa pagpapaliwanag, ngunit sa pagkakataong ito ang kaunawaan ng pangungusap ang magtatakda ng isyu.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ito'y ipinasiya ko sa aking sarili"** |
| **NKJV** | **"Inalam ko ito sa loob ng aking sarili"** |
| **NRSV, TEV, NJB** | **"Buo na ang aking isipan"** |

Ito ay tila nagpapahiwatig na si Pablo ay walang natatanging kabatiran mula sa ang Espiritu patungkol sa bagay na ito. Siya ay nagbanggit nang maraming beses kung paano siya pinangunahan ng Espiritu sa kanyang mga plano sa paglalakbay (cf. Mga Gawa 16:9-10; 18:21; taga-Roma 1:10; 15:32; I taga-Corinto 4:19), ngunit sa pagkakataong ito, siya ay walang tiyak na gabay at nagpasyang hindi dumating.

▣ **"na hindi na ako muling paririyan sa inyo na may kalumbayan"** Binabanggit ni Pablo ang ikatlong pagdalawa sa Corinto sa 12:14; 13:1. Ang aklat ng Mga Gawa ay hindi naitala ang kanyang ikalawang napakasakit na pagdalawa. Kanyang unang pamamalagi sa Corinto ay naitala sa Mga Gawa 18:1-11. Tingnan ang tsart sa panimula, Petsa, E. "pagdalaw" C. Ito maaaring nangyari sa pagitan ng pagsulat ng I at II taga-Corinto.

**2:2 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa ang pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ang ikalawang pagdalaw ni Pablo ay nagpalungkot sa iglesiya. Gusto ko ang NJB na salin ng talatang ito, "kung ako man ay nagdulot ng pagkabalisa, ako ay nagdudulot lamang ng pagkabalisa sa tangin kong pinagmulan ng kaligayahan." Hindi nalugod si Pablo sa pakikipagharap na aspeto ng kanyang apostolikong pananagutan.

**2:3 "At aking isinulat ang bagay ring ito"** Mayroong maraming mga teoriya na sinusubukang ipaliwanag ang mga talatang ito.
1. ang ilan ay tinatawag itong EPISTOLARY AORIST, na nangangahulugang ito ay tumutukoy sa II taga-Corinto (cf. NJB)
2. ang ilan ay naniniwalang ito ay tumutukoy sa I taga-Corinto
3. na iba ay naniniwalang ito ay tumutukoy sa nakalipas na nawalang sulat na binanggit sa I taga-Corinto 5:9

4. ang iba ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa isang mabagsik na nawalang sulat, maaaring ang bahagi ay napanatili sa II taga-Corinto 10-13

**2:4** Ang talatang ito ay lubhang maliwanag na naghahayag ng puso at sakit ng damdamin ni Pablo na kanyang nadama patungkol sa kung ano ang nangyari sa panahon ng kanyang nakakasakit na pagdalaw. Ngunit, siya ay nagsalita ng katotohanan, gaya ng pagiging masakit nito. Tulad ng isang mabuting medikong doktor, nalalamang ni Pablo na minsan, ang sakit ay kinakailangang para sa pangmatagalang paggaling.

Si Pablo ay gumagamit ng dalawang MGA PASAKALING PANDIWA sa pangungusap na ito dahil minsan ang mga tao ay hindi tumutugon nang wasto sa pagtatama. Linikhang Diyos ang lahat ng mga tao na may malayang pagpili, na kapwa isang mahalaga at isang mapanganib na bagay. Tinatanganan nito ang maaaring kaligayahan at pagpapanumbalik o pagkasama ng loob at nagpapatuloy na paghihimagsik.

▣
**NASB** **"lalo na sa"**
**NKJV, NRSV** **"napakasagana sa"**
**NJB** **"paanong napakarami"**

Ang talatang ito ay isinasama din ang mga katanginang termino ni Pablo na kanyang lubhang kadalasang ginagamit sa kanyang mga sulat sa taga-Corinto (i.e., *perissoterōs*). Tingnan ang buong tala sa 1:5 o ang Natatanging Paksa sa 2:7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:5-11

**5Datapuwat kung ang sinoman ay nakapagpalumbay, hindi ako ang pinalumbay niya, kundi sa isang paraan ay kayong lahat (upang huwag kong higpitang totoo). 6Sukat na sa gayon ang kaparusahang ito *na ipinarusa* ng karamihan; 7Upang bagkus ninyong patawarin at aliwin *siya*, baka sa anomang paraan ay madaig ang gayon ng kaniyang malabis na kalumbayan. 8Dahil dito'y ipinamamanhik ko sa inyo na papagtibayin ang *inyong* pag-ibig sa kaniya. 9Sapagkat dahil din sa bagay na ito ay sumulat ako, upang aking makilala ang katunayan tungkol sa inyo, kung kayo'y mga matalimahin sa lahat ng mga bagay. 10Datapuwat ang inyong pinatatawad ng anoman ay *pinatatawad* ko rin naman: sapagkat ang aking ipinatawad naman, kung ako'y nagpapatawad ng anoman, ay *ginawa ko ito* sa inyong kapakanan, sa harapan ni Kristo; 11Upang walang kalamangan ang makuha sa ating ni Satanas: sapagkat kami ay hindi hangal sa kaniyang mga lalang.**

**2:5** Ang talatang ito ay ay lubhang mahirap isalin! Naniniwala akong ang kaunawaan ng RSV at Phillips na salin ay ang pinakamagaling: "ngunit kung sinuman ang nagdulot ng sakit, siya ay hindi nagdulot sa kain nito, ngunit sa ilang sukat (hindi upang ilagay ito nang lubhang malala) sa inyong lahat." Walang LAYONG binanggit sa pangungusap na ito, samakatuwid, ilan ay maiuugnay ito sa (1) ang buong iglesiya (cf. NKJV, NJB, RSV, Phillips, NIV, NEB) o (2) sa nakasakit na tao (cf. KNOX na salin).

Sino itong "siya" na nagdulot ng kaguluhan? Mayroong maraming mga mungkahi.

1. ito ay tumutukoy sa I taga-Corinto 5:9 at ang lalaki na nagpakasal sa asawa ng kanyang ama
2. ito ay tumutukoy sa isang pasimuno ng isa sa mga pangkat o mga bahay iglesiya
3. ito ay tumutukoy sa tagapagsalita para sa pangkat ng inaakalang "mga pinuno" mula sa Palestina na humarap kay Pablo sa kanyang pagbalik sa Corinto at tila ang iglesiya ay hindi ipinagtanggol si Pablo gaya ng inaasahan

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Isang tao ang nagdulot ng kapighatian, kapwa kay Pablo at sa buong iglesiya (GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG) at ang mga kapinsalaan ay nanatili.

**2:6 "ang kaparusahang ito *na ipinarusa* ng karamihan"** Ang kapasiyahan ay hindi lubos na nagkakaisa. Si Pablo, npinagmulangtake, ay may pag-intindi pa rin para sa mga sumagupa (cf. v. 7) at ang espirituwal na mga kinahihinatnan na maaaring magdulot ng pagtatalo at paghaharap (cf. v. 11).

Ang pagbanggit ng "karamihan" ay ipinapakita kung paaano isinaalang-alang ni Pablo kaayusan sa iglesiya. Naramdaman niya sa kanyang sarili ang panawagan bilang isang Apostol sa mga Hentil, ngunit hindi nito tinanggal ang pagkakatipong aspeto ng pananagutang mamuno. Si Pablo ay may isang malaking pagtimbang sa kanyang mga sulat sa pagitan ng makapangyarihang kautusan (i.e., taga-Galacia at I taga-Corinto 5), at ang pangangailangan para sa lokal na pamumuno. Ang NT ay mayroon ng lahat ng tatlong uri ng pamumuno: apostoliko (i.e., Espiskopal); lokal na mga pinuno (i.e., Presbiteriyan); at kongregasyonal (i.e., bawat mananampalataya). Ang Mga Gawa 15 ay mayroon ng lahat ng tatlong antas na kinapapaloob ng eklesiyastikong (pang-iglesiya) proseso. Ito ay hindi isang isyu kung ano ang biblikal; silang lahat. Ito ay isang isyu ng mga maka-Diyos mananampalataya na namumuna sa loob ng biblikal na mga patnubay, hindi pansariling mga adyenda!

**2:7 "bagkus patawarin at aliwin *siya*"** Sila ay kapwa AORIST MGA PAWATAS. Ang disiplina sa iglesiay ay hind paghihiganti, ngunit palaging pangkatubusan (cf. taga-Galacia 6:1). Ang kasalanan ay kailangang maibunyag, ngunit dapat na matakpan (i.e., napatawad ng Diyos, napatawad ng iglesiya) pagkatapos nitong mabunyag.

Para sa "kaaliwan" tingnan ang buong tala sa 1:4-11.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"madaig ang gayon ng kaniyang malabis na kalumbayan"** |
| **NKJV** | **"lulunin ng lubhang maraming kalumbayan"** |
| **NRSV** | **"maaaring di madaig ng labi na kalumbayan"** |
| **TEV** | **"mula sa pagiging malungkot na gaya ng lubusang pagsuko"** |
| **NJB** | **"ay maaaring matabunan ng saklaw ng kanyang pagkabahala"** |

Ang unang parirala sa literal ay "upang hindi sa pamamagitan ng mas saganang dalamhati na ang isa ay papadaig." Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

Ang ikalawang termino, *katapinō*, ay isa ring napakatinding talinghaga. Ito sa literal ay "lunukin." Ito ay ginamit sa isang paayong kaunawaan sa II taga-Corinto 5:4 (i.e., ipinagkaloob na buhay). Sa pasalungat, ito ay maaaring mangahulugang sirain (cf. I taga-Corinto 15:54; II taga-Corinto 2:7; Hebreo 11:29; I Pedro 5:8).

Ang pansariling karanasan at teolohikong kasanayan ni Pablo ay ginawa siyang matalas ang kabatiran sa mga lalim ng kasalanan at ang mga kataasan ng biyaya at kahabagan ng Diyos. Ang kanyang pagpili ng mga salita ay naghahayag ng lalim ng kanyang mga nararamdaman.

## NATATANGING PAKSA: MANAGANA (*perissevō*)

Madalas gamitin ni Pablo ang salitang ito.

1. Ang katotohanan ng Diyos ay nananagana sa Kanyang kaluwalhatian, taga-Roma 3:7
2. Ang walang bayad na kaloob sa biyaya sa isang tao, si Hesukristo ay nananagana, taga-Roma 5:15
3. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa pag-asa, taga-Roma 15:13
4. Ang mga mananampalataya ay hindi pinupuri ng Diyos sa pamamagitan ng pagkain o hindi pagkain ng partikular na pagkain, I taga-Corinto 8:8
5. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa pagpapatatag ng iglesiya, I taga-Corinto 14:12
6. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa gawain ng Panginoon, I taga-Corinto 15:58
7. Ang mga mananampalataya ay kabahagi ng masagana sa paghihirap ni Kristo at masagana sa kaginhawaan kay Kristo, II taga-Corinto 1:5
8. Ang gawain ng katuwiran ay nananagana sa kaluwalhatian, II taga-Corinto 3:9
9. Ang pasasalamat ng mga mananampalataya ay upang managana sa kaluwalhatian ng Diyos, II taga-Corinto 4:15
10. Ang pananagana ng mga mananampalataya sa kaligayahan, II taga-Corinto 8:2
11. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa bawat bagay (pananampalataya, pahayag, kaalaman, kasigasigan, at pag-ibig), gayundin ang kaloob para sa iglesiya sa Herusalem, II taga-Corinto 8:7
12. Ang lahat ng biyaya ay nananagana sa mga mananampalataya, II taga-Corinto 9:8
13. Ang masaganang pasasalamat ng mga mananampalataya sa Diyos, II taga-Corinto 9:12
14. Ang mga yaman ng biyaya ng Diyos ay labis-labis sa mga mananampalataya, taga-Efeso 1:8
15. Ang pag-ibig ng mga mananampalataya ay lalo pang mananagana, taga-Filipos 1:9
16. Ang pagtitiwala ng mga mananampalataya kay Pablo ay nananagana kay Kristo, taga-Filipos 1:26
17. Magtamo ng pananagana, taga-Filipos 4:12,18
18. Ang nag-uumapaw na pasasalamat ng mga mananampalataya, taga-Colosas 2:7
19. Ang lumalago at nananaganang pag-ibig ng mga mananampalataya sa bawat-isa, I taga-Tesalonica 3:12
20. Nananagana sa maka-Diyos na pamumuhay, I taga-Tesalonica 4:1
21. Managana sa pag-ibig para sa kapwa mga mananampalataya, I taga-Tesalonica 4:10

Ang pagkaunawa ni Pablo sa biyaya ng Diyos kay Kristo ay "lagpas at mataas," gayundin, ay ang pangangailangan para sa mga mananampalataya na lumakad sa "lagpas at mataas" na biyayang ito at pag-ibig sa kanilang pang-araw-araw na buhay!

**2:8 "ipinamamanhik ko sa inyo na papagtibayin ang *inyong* pag-ibig sa kaniya"** Ito ay tumutukoy sa pagpapanumbalik o legal na pagkilos sa pamamagitan ng isang opisyal na boto (cf. paggamit ng termino sa taga-Galacia 3:15) ng iglesiya sa pamamagitan ng layunin (motibo) ng pag-ibig. Ito ay maaaring talinghaga ng katotohanan ng isang bagay (cf. Louw at Nida, p. 668).

**2:9 "sumulat ako"** Tingnan ang tala sa 2:3.

▣ **"ang katunayan"** Ito ay tumutukoy sa isang pagsusuri ng mga metal na bariya upang makatiyak na kanilang pagiging tunay. Ito ay tila mayroong kahulugan sa NT na "suriin na may isang pananaw tungo sa pagsang-ayon." Tingnan ang Natatanging Paksa sa "Pagsubok" sa I taga-Corinto 3:13.

▣ **"kung kayo'y mga matalimahin sa lahat ng mga bagay"** Ito ay isang pagsubok sa kanilang katapatan sa awtoridad ni Pablo. Ito ay ANG isyu (cf. 7:15; 10:6).

Mayroong Griyegong manuskritong kaibahan na nauugnay sa "kung." Ang ilang MSS ay may

1. *ei* – א, C, D, F, G
2. *η* – A, B
3. omit – P46

Ito ay tila na ang P[46], kahit na napakaluma, ay gumawa ng pagmamadali at kadasalang nagtatanggal ng mga salita o mga parirala. Gaya ng sa ibang mga pamimilian, silay ay binibigkas nang magkatulad. Marami sa mga sinaunang Griyegong manuskrito ay sinisipi ng isang taong nagbabasa ng isang teksto at maraming maraming iba pa ang nagsusulat nito. Samakatuwid, mga kaibahan na tulad nito na nauugnay sa tunog, ay karaniwan. Ang UBS[4] binibigyan ang opsyon #1 ng isang "A" na antas (tiyak).

**2:10 "pinatatawad"** Ang terminong ito, *charizomai* (cf. vv. 7,10; 12:13) ay mula sa salitang ugat na *chairō*, na nangangahulugang magalak, malugod. Sa kontekstong ito, ito ay nangangahulugang mapagbiyayang magpatawad o magpadala (cf. 2:7,10 [tatlong beses]).

Hinihiling ni Pablo sa nakakarami na magpatawad sa v. 7 (AORIST PANGGITNANG PAWATAS); sa v. 10 kanyang inulit ang nagpapatuloy na kahilingan (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG); sa v. 10,kanyang tiniyak sa kanila ang kanyang (i.e., pansariling PANGHALIP, *egō*) mapagbiyaya at nagpapatuloy na pagpapatawag sa may kasalanan (dalawang GANAP NA PANGGITNANG NA MAY MGA PAHIWATIG).

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Unilit ni Pablo ang kanyang sariling personal na pagpapatawad sa may kasalanan.

▣ **"dahil sa inyong kapakanan, sa harapan ni Kristo"** Ito ay ang paraan ni Pablo sa pagpapahayag na ang pagpapanumbalik ng may kasalanan ay magpapalakas ng iglesiya. Siya sa kanyang sarili ay makakaya niyang gawin ito dahil sa kanyang pag-ibig kay Kristo.

**2:11**
**NASB** **"upang walang kalamangan ang makuha sa ating ni Satanas"**
**NKJV** **"upang hindi tayo mapagsamantalahan ni Satanas"**
**NRSV** **"upang hind tayo malinlang ni Satanas"**
**TEV** **"upang mapanatili si Satanas mula sa pagkuha ng mataas na kamay"**
**NJB** **"upang maiwasang malinlang ni Satanas"**

Ang talatang ito ay pinaninindigan ang personal na pwersa ng kasamaan sa ating mundo upang hadlangan ang plano ng Diyos. Tinatawag siya ni Pablo sa maraming mga titulo sa II taga-Corinto.
1. Satanas sa 2:11; 11:14; 12:7
2. "ang diyos ng salibutang ito (mundo)" sa 4:4
3. "Belial" in 6:15
4. "ang ahas" sa 11:3

Ang "tayo" ay maaaring tumutukoy kay Pablo, ang kanyang sarili, o kay Pablo at ang iglesiya sa Corinto. Ito ay nakakawiling malaman na si Satanas ay nanunukso, kapwa sa pamamagitan ng pagkagusto sa masama at sa pagpapasama ng mabuti. Isang di-nararapat, di-mapagpatawad, galit, o mapagmataas na pag-uugali sa bahagi ng iglesiya ay magbubukas ng pinto para kay Satanas upang sirain ang pagsasama. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pansariling Kasamaan sa I taga-Corinto 7:5.

▣ **"sapagkat kami ay hindi hangal sa kaniyang mga lalang"** Ang kasamaan ay sinusubukang makaapekto sa ating mga buhay (cf. taga-Efeso 4:14; 6:10-18). Kadalasan, ang mga mananampalataya ay mangmang (i.e., *agnoeō*) sa kanyang pamamaraan.

## NATATANGING PAKSA: MGA PAMAMARAAN

Ito ay ang Griyegong salitang *noēma*. Ito ay ginamit ni Pablo nang limang beses sa II taga-Corinto at isa lamang ibang pagkakataon sa taga-Filipos 4:7. Ito ay mula sa salitang ugat na *nous*, na nangangahulugang isipan o mga alaala. Inilahag ito ni Pablo sa dalawang paraan.

A. masama o mapaminsalang kaisipan
   1. mga pamamaraan ni Satanas, II taga-Corinto 2:11
   2. pinatigas na isip at tinalukbungan ng kawalang pananampalataya, II taga-Corinto 3:14
   3. mga isipang binulag ni Satanas (ang diyos ng mundong ito), II taga-Corinto 4:4
   4. mga isipang nadaya ni Satanas (tulad ni Eba) at inakay sa pagkaligaw, II taga-Corinto 11:3

B. maka-Diyos na kaisipan
1. binibihag ang bawat pag-iisip sa pagsunod kay Kristo, II taga-Corinto 10:5
2. ang kapayapaan ng Diyos na kakahigit sa lahat ng pagkaunawa (i.e., *nous*) ang mag-iingat sa inyong mga puso at inyong mga isipan (i.e., *noemata*)

Ang pantaong pag-iisip at mga kasanayan sa wika ay bahagi ng larawan ng Diyos. Ang mga napakagandang mga kaloob ay maaaring magamit sa mabuti o masama. Ang mga mananampalataya kailangang ingatan ang kanilang mga inisiip at mga sinasabi. Ang ating isipan ay maaaring mapaglinlangan, bulagin, at patakbuhin ni Satanas. Sila ay maaari ding kamangha-mangang palakasin ng Diyos sa Kanyang kaluwalhatian at para sa Kanyang Kaharian. Tayo ay mga katiwala ng ating mga pag-iisip, mga plano, at mga layunin!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:12-13

**[12]Nang ako'y dumating nga sa Troas dahil sa ebanghelyo ni Kristo, at nang mabuksan sa akin ang isang pinto sa Panginoon, [13]Ay hindi ako nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu, sapagkat hindi ko nasumpungan si Tito na kapatid ko: datapuwat pagkapagpaalam ko sa kanila, ako'y napasa Macedonia.**

**2:12 "ang ako'y dumating nga sa Troas"** Sinusundan nito ang itineraryo ng I taga-Corinto 16:5 (cf. Mga Gawa 16:8-11). Si Pablo ay tila inaatake ng ilan sa Corinto dahil sa kanyang mga plano sa paglalakbay na hindi natupad. Sinubukan ni Pablo na ipaliwanag kung bakit.

▣ **"at nang mabuksan sa akin ang isang pinto sa Panginoon"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI na nagpapahiwatig na ang Diyos ang nagbukas ng ganitong pagkakataon para sa ebanghelyo at ito ay nananatiling bukas! "Ang Bukas na Pintuan" ay isang kilalang talinghaga ni Pablo (cf. I taga-Corinto 16:9; taga-Colosas 4:3; at also Mga Gawa 14:27 at Pahayag 3:8). Ang pariralang ito ay nagbibigay-diin sa mabisang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng naisakatuparang pangkatubusang ministeryo ng Mesias at ang panghihikayat ng Kanyang Espiritu para sa pag-e-ebanghelyo at Kristiyanong kasanayan (cf. Mateo 28:19-20 at Mga Gawa 15:3-4,12; 21:19). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 16:9.

**2:13 "hindi ako nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu"** Ito ay ang paggamit ng "espiritu" na kasingkahulugan sa isang tao o sarili ng tao (cf. 7:13; I taga-Corinto 16:18). Si Pablo ay patuloy na nababahala (GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG) patungkol sa Corinto (cf. 7:5). Ang guniguni ni Pablo ay padalos-dalos; tingnan ninyo ang inyong sarili. Iniwan niya ang isang bukas na pinto sa Troas dahil sa kanyang pag-aalala at pangangamba patungkol sa ang iglesiya sa Corinto. Iniibig ni Pablo ang ganitong pangkat-pangkat, mapagmataas na iglesiya!

▣ **"hindi ko nasumpungan si Tito"** Ipinadala ni Pablo si Timoteo nang mas maaga sa Corinto, ngunit siya ay tila hindi tinanggap nang mabuti ng iglesiya kaya pinadala ni Pablo si Tito na may isang mabagsik na sulat (cf. 2:3-4). Wala siya narinig mula sa kanya sa inaasahang panahon at naging lubhang nababahala.

Si Tito ay binanggit ng maraming beses sa II taga-Corinto (cf. 2:13; 7:6,13,14; 8:6,16,23; 12:18).

## NATATANGING PAKSA: TITUS

A. Si Tito ay isa sa pinakapinagkakatiwalaang kamangagawa ni Pablo. Ito ay pinatutunayan ng katotohanan na ipinadala siya ni Pablo sa magulong bahagi ng Corinto at Creta.
B. Siya ay isang ganap na Hentil (Timoteo ay kalahating Griyego lamang), naligtas sa ilalim ng pangangaral ni Pablo. Si Pablo ay tumangging tuliin siya (cf. taga-Galacia 2).
C. Siya ay kadalasang binabanggit sa mga sulat ni Pablo (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:6-15; 8:6-24; 12:18; taga-Galacia 2:1-3; II Timoteo 4:10) at ito ay lubhang nakakagulat na si Lucas ay hindi siya nabanggit sa Mga Gawa. Ang ilang mga komentaryo ay nag-teoriya na (1) siya ay maaaring isang kamag-anak ni Lucas (maaaring isang kapatid na lalaki) at ang maisama ang kanyang pangalan ay makikita bilang isang gawain ng pangkulturang kawalan ng kaangkupan sa bahagi ni Lucas o (2) si Tito ay ang pangunahing pinagmulan ni Lucas ng impormasyon patungkol sa buhay at ministeryo ni Pablo at, samakatuwid, tulad ng Lucas, ay hindi dapat pangalanan.
D. Sinamahan niya sila Pablo at Bernabe sa lahat nang mahahalagang Konseho sa Herusalem, na nakatala sa Mga Gawa 15.
E. Ang aklat ng Tito ay tumutuon sa mga payo na pinagkakaloob ni Pablo kay Tito patungkol sa kanyang gawain sa Creta. Si Tito ay gumaganap bilang opisyal na kinatawa ni Pablo.
F. Ang huling impormasyon sa NT patungkol kay Tito ay pinadala siya sa gawain sa Dalmatia (cf. II Timoteo 4:10).

▣ **"ako'y napasa Macedonia"** Mayroong isang panaklong sa kaisipan ni Pablo hanggang sa II taga-Corinto 7:5. Ito ay

isang pagbabago sa pagpuri sa Diyos para kay Kristo! Ang paglihis sa paksa ay lubhang maganda at lubhang nakakatulong sa ating pasasalamatan ang Diyos para dito. Marami sa di malilimunang mga sipi ni Pablo ay nanggaling sa ganitong paglihis.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:14-17

**[14]Datapuwat salamat sa Diyos, na lagi tayong pinangungunahan sa tagumpay kay Kristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag ang samyo ng pagkakilala sa kaniya sa bawat dako. [15]Sapagkat sa mga inililigtas, at sa kanilang mga napapahamak ay masarap tayong samyo ni Kristo sa Diyos; [16]Sa isa ay samyo mula sa kamatayan sa ikamamatay; at sa iba ay samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay. At sino ang sapat sa mga bagay na ito? [17]Sapagkat hindi kami gaya ng karamihan na kinakalakal ang salita ng Diyos: kundi sa pagtatapat, at gaya ng mula sa Diyos, sa harapan ng Diyos ay nagsasalita kami para kay Kristo.**

**2:14 "salamat sa Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: PAGPUPURI, PANALANGIN, AT PASASALAMAT NI PABLO SA DIYOS

Si Pablo ay isang tao ng pagpupuri. Nalalaman niya ang Lumang Tipan. Ang bawat unang apat na mga pagkakahati (i.e., mga aklat) ng Awit ay natatapos sa mga doxolohiya (cf. Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48). Pinapupurihan at itinatanyag niya ang Diyos sa maraming magkakaibang mga pamamaraan.

1. panimulang mga talata sa kanyang mga sulat
    a. panimulang mga pagbabasbas o mga pagbati (cf. taga-Roma 1:7; I taga-Corinto 1:3; II taga-Corinto 1:2)
    b. panimulang mga pagpapala (*eulogētos*, cf. II taga-Corinto 1:3-4; taga-Efeso 1:3-14)
2. maikling mga bulalas ng pagpupuri
    a. taga-Roma 1:25; 9:5
    b. II taga-Corinto 11:31
3. Mga doxolohiya (makikilala sa pamamagitan ng paggamit ng [1] *doxa* {i.e., kaluwalhatian} at [2] "magpakailanman at kailanman")
    a. taga-Roma 11:36; 16:25-27
    b. taga-Efeso 3:20-21
    c. taga-Filipos 4:20
    d. I Timoteo 1:17
    e. II Timoteo 4:18
4. Mga pasasalamat (i.e., *eucharisteō*)
    a. Mga pambungad ng sulat (cf. taga-Roma 1:8; I taga-Corinto 1:4; II taga-Corinto 1:11; taga-Efeso 1:16; taga-Filipos 1:3; taga-Colosas 1:3,12; I taga-Tesalonica 1:2; II taga-Tesalonica 1:3; Filemon v. 4; I Timoteo 1:12; II Timoteo 1:3)
    b. Panawagan sa pagbibigay ng pasasalamat (cf. taga-Efeso 5:4,20; taga-Filipos 4:6; taga-Colosas 3:15,17; 4:2; I taga-Tesalonica 5:18)
5. Maikling mga bulalas ng pagpapasalamat
    a. taga-Roma 6:17; 7:25
    b. I taga-Corinto 15:57
    c. II taga-Corinto 2:14; 8:16; 9:15
    d. I taga-Tesalonica 2:13
    e. II taga-Tesalonica 2:13
6. Pangwakas na mga pagbabasbas
    a. taga-Roma 16:20,24(?)
    b. I taga-Corinto 16:23-24
    c. II taga-Corinto 13:14
    d. taga-Galacia 6:18
    e. taga-Efeso 6:24

Nakikilala ni Pablo ang Diyos sa teolohiya at sa karanasan. Sa kanyang mga sulat, siya ay nagsimula sa panalangin at pagpupuri. Sa gitna ng kanyang mga pagpapahayag, siya ay nagbibigay ng papuri at pasasalamat. Sa pagwawakas ng kanyang mga sulat, palagian niyang naaalalang manalangin, magpuri at magpasalamat sa Diyos. Ang mga sulat ni Pablo ay humihinga ng pagpuri at pasasalamat. Nakikilala niya ang Diyos, kilala niya ang kanyang sarili, at nalalaman niya ang ebanghelyo.

▣ **"lagi"** Palagi tayong pinangungunahan ng Diyos (1) sa pamamagitan ni Kristo; (2) para sa tagumpay ni Kristo; at (3) para sa layunin ng pagsasaksi (i.e., "naihahayag sa pamamagitan namin," PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI, cf. vv. 15-

16).

▣
**NASB, NKJV "na lagi tayong pinangungunahan sa tagumpay kay Kristo"**
**NRSV "na kay Kristo, palagi tayong pinangungunahan sa matagumpay na prusisyon"**
**TEV "sa pangunguna ng Diyos bilang mga bilanggo sa matagumpay na prusisyon ni Kristo"**
**NJB "na palaging nagbibigay sa atin kay Kristo ng bahagi ng kanyang matagumpay na prusisyon"**

Ang pariralang ito ay tumutukoy sa Romanong panghukbong kasanayan ng matagumpay na martsa para sa mga nagwaging mga pinunong panghukbo sa lansangan ng Roma, na nagbibigay-diin kay Kristo bilang nagtagumpay (ang PANDIWARI ay PANG-ISAHAN). Kanyang winasak ang lahat sumasalungat na mga kapangyarihan (cf. taga-Colosas 2:15, ang PANDIWA ay makikita lamang sa dalawang talatang ito sa NT). Ang mga mananampalataya ay sumusunod sa Kaniya, hindi bilang mga bilanggo (TEV, NEB, at REB ay isinalin ito nang malinaw bilang "mga bilanggo," ngunit ito ay laban sa maliwanag na tagumpay ng konteksto, maliban na si Pablo ay tumutukoy sa kanyang mga paghihirap at mga pagkapahiya bilang isang ebanghelista na inihahalintulad sa mga bilanggo ng isang Romanong parada), ngunit bilang kasamang mga sundalo! Tayo ay mga matagumpay dahil at sa pamamagitan Niya! Ang ating tagumpay ay natamo na, ngunit kailangan nating piliin na angkinin ito at lumakad dito araw-araw.

▣ **"tayo"** Ang PANGMARAMIHAN MGA PANGHALIP sa vv. 14-17 ay tumutukoy sa (1) ang mga Apostol; (2) si Pablo at kanyang pangmisyong pangkat; o (3) lahat mga mananampalataya na nagpapalaganap ng ebanghelyo. Sa akin, ang opsyon #2 ay ang pagtuon, ngunit ang opsyon #3 ay ang kahihinatnan.

Ang mga ebanghelista ay ay matagumpay, ngunit mayroong halagang dapat bayaran (cf. 4:7-12; 6:3-10; 11:23-30).

▣ **"ipinahahayag"** Si Pablo ay lubhang madalas na gumagamit ng salitang ito sa II taga-Corinto (cf. 2:14; 3:3; 4:10,11; 5:10,11[dalawang beses]; 7:12; 11:6). Ang termino ay nangangahulugang ipakita nang maliwanag o gawing kilala. Ang dakilang naisin ni Pablo ay lubusan, pangmadla, at maliwanag na maihayag ang Diyos sa pamamagitan ng paghahayg ng persona at gawain ni Kristo (i.e., ang ebanghelyo).

▣ **"pagkakilala sa kaniya sa bawat dako"** Ang iglesiya sa Corinto ay kapuri-puri sa kanilang intelektwal na pinanggalingan. Si Pablo ay ipinagmamalaki ang kanyang kaalaman ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ang kaalaman ay hindi para sa pansariling kaluwalhatian, ngunit para sa pag-e-ebanghelyo. Bilang tayo na "palaging" (i.e., *pantote*) pimumunuan sa tagumpay kay Kristo, tayo rin ay inaasahan ng maliwanag na paghahayag (i.e., pagpapakilala) ng mensahe ni Kristo "sa bawat lugar" (i.e., *panti*). Ang pangkalahatang ebanghelyo ni Kristo ay ay dapat maibahagi sa Kanyang matagumpay na mga tagasunod sa bawat lugar (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng titulong parirala na ito "sa bawat dako" (cf. I taga-Corinto 1:2; I taga-Thesalonica 1:8; I Timoteo 2:8). Gusto kong malaman kung ito ay hindi isang pagkabanggit sa Malakias 1:11, na nagbibigay-propesiya sa isang malaganap na pagsamba sa Mesias ng Diyos sa mundo?

**2:15 "Sapagkat tayo masarap tayong samyo ni Kristo sa Diyos"** Ang pariralang ito ay may dalawang maaaring mga kaligiran.

1. sa OT ang usok na mula sa isang pag-aalay at insenso ay pumapaitaas sa Diyos at tinatanggap bilang isang mabangong samyo (cf. Genesis 8:21; Exodo 29:18,25; sa LXX sa Levitico 1:9,13,17; 2:2; ginamit din ng patalinghaga ni Pablo sa taga-Filipos 4:18)
2. ang unang siglong insenso ay sinusunot sa kahabaan ng ruta ng Romanong panghukbong mga parada patungong Roma

Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay ang tinanggap na pag-aalay ng papuri kay YHWH. Ang mga mananampalataya ay tinanggap kay Kristo para sa layunin ng pagiging katulad ni Kristo at pagbabahagi ng Kanyang ebanghelyo.

▣ **"sa mga inililigtas, at sa kanilang mga napapahamak"** Ang pagkakaiba ay tila sa kanila na mapapahamak na mapapahayag sa isang nagpapatuloy na pagkilos ng kanilang sariling kagustuhan (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI), at sila na naligtas ay patuloy na magiging ligtas sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI). Para sa teolohikong kabuluhan ng "sino ang maliligtas." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan sa I taga-Corinto 3:15.

Para sa konsepto ng "kapamahakan" tingnan ang buong teolohikong pagtalakay sa I taga-Corinto 1:18, na isang kaagapay sa tekstong ito.

**2:16 "At sino ang sapat sa mga bagay na ito"** Ang pangangaral ng ebanghelyo ay naghahati sa sangkatauhan magkailanman. Mula sa II taga-Corinto 3:5-6 nalalaman natin na ang Diyos ang nagpapalakas sa Kanyang mga anak para sa ganitong kamangha-maghang pananagutan sa pagpapatotoo. Bawat buhay ng mananampalataya ay isang samyo sa Diyos na ang sinuman ay maapektuhan nito, alinman sa pagtitiwala kay Kristo o pagtanggi kay Kristo. Ito ay mahalaga kung paaano tayo nabubuhay; ang iba ay magsusubaybay (cf. 2:16; 3:2,3).

Habang binabasa ko ang talatang ito, aking naisip kung gaano karaming beses at lugar na akong nagkaroon ng pribelehiyo sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang isa ay hindi nalalaman kung sino ang nandito o ano ang kanilang pinagdadaanan! Ang ilang sa aking mga pangangaral ay mahusay ang pagkakagawa at ilang ay tunay na bigo! Paano tatayo ang isang tagapagpahayag sa kagipitan na ang isang tagapakinig ay may walang hangang pagpili na gagawin batay sa kung ano ang kanilang maririnig mula sa ang taong tagapagsalit? Hindi nila kaya! Ang tungkulin ay sa Espiritu, hindi sa tagapamahayag! Tayo ay dapat maging tapat na magsalita ng ebanghelyo ngunit ang ating espirituwal na pananagutan ay may hangganan! Ito ay ebanghelyo ng Diyos! Ito ay Kanyang mundo! Walang maaaring maligtas na wala ang paghipo ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang pantaong lohika o kahusayan sa pagsasalita ay hindi ang napakahalagang sangkap!

**2:17 "hindi kami gaya ng karamihan"** Tinutukoy ni Pablo ang (1) naglalakbay na mga guro sa Greko-Romanong mundo na naglalakbay sa isang lugar patungo sa lugar upang magturo at (2) mga pilosopo kung saan ay maihahalintulad sa mga bulaang guro na nagmula sa Palestina (tulad sa taga-Galacia 1:6-9) at inaatake si Pablo, ang kanyang ebanghelyo, at kanyang pagka-Apostol (cf. 4:2).

Mayroong isang kaibahan na maiuugnay sa "marami" (MSS א, A, B, C, K, P). Ang ibang sinaunang MSS ($P^{46}$, D, F, G, L) ay ay "ang natira" (NKJV, NRSV talababa). Si Bruce Metzger, *A Textual Commentary ng Greek New Testament*, p. 577, ay nagsabing ang ikalawang opsyon ay isang "nakakagalit" na terminong na hindi dapat ginamit ni Pablo sa kontekstong ito. Ang $UBS^4$ binibigyan ang opsyon na ito na "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"kinakalakal ang salita ng Diyos"** Ito ay isang terminong mula sa industriya ng alak. Ito ay ginamit sa dalawang paraan:

1. pinapalabnaw ang alak upang makagawa ng mas maraming salapi (i.e., maghalo)
2. maglako ng kalakal upang kumita (i.e., isang manlalako)

Hindi binago ni Pablo ang kanyang mensahe (ang ebanghelyo) para sa iba't-ibang mga tagapakinig (i.e., mga Griyego, mga Hudyo), ngunit kanyang pinasadya ang kanyang pamamaraan (tingnan ang mga pangangaral ni Pablo sa Mga Gawa at kanyang pahayag sa I taga-Corinto 9:19-23).

▣ **"kundi sa pagtatapat"** Ang terminong ito ay mula sa isang salitang ugat na "maging walang kahalo" (cf. 1:12). Ito ay magiging kasalungat ng "paglalako." Ang di-karaniwang salitang ito para sa katapatan ay maaaring isang tambalan terminong mula sa "sinag ng araw" at "hatol." Ito ay naghahatid ng konsepto ng di-itinatago, dalisay na layunin (cf. I taga-Corinto 5:8; II taga-Corinto 1:12; 2:17; taga-Filipos 1:10; II Pedro 3:1). Pansinin ang pag-agapay sa pagitan ng "ngunit mula sa katapatan" at "ngunit mula sa Diyos."

▣ **"ang salita ng Diyos...mula sa Diyos... sa harapan ng Diyos"** Pinaninindigan ni Pablo na ang kanyang mensahe ng ebanghelyo ay mensahe ng Diyos at ang mensahe ay si Kristo! Pinasasalamatan ni Pablo ang Diyos (cf. v. 14) dahil sa:

1. ating tagumpay kay Kristo (cf. v. 14)
2. ating pagpapakilala ng isang kaalaman tungkol sa Kanya sa bawat dako (cf. v 14)
3. ating mensahe patungkol sa Kanya ang nagdudulot ng buhay o kamatayan (cf. vv. 15-16)
4. ating walang halong mensahe ay mula sa Diyos, sa harapan ng Diyos, patungkol kay Kristo, at kay Kristo (cf. v. 17)

▣ **"sa harapan ng Diyos ay nagsasalita kami para kay Kristo"** Ito mismo ang pariralang inulit sa 12:19. Ito ay tila isang pangwikaing paraan ng pagpapahayag ng katapata at pagkatotoo ng ebanghelyo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit tinalakay na malawak ni Pablo ang kanyang mga plano sa paglalakbay?
2. Ilang mga sulat ang isinulat ni Pablo sa iglesiya sa Corinto?
3. Ipaliwanag ang nasa likod ng tagumpay sa v. 14.
4. Paanong ang isang pagtindig sa espirituwal na panggigipit ay nakapaloob sa vv. 15-16 kung alam natin na ang pagbabahagi ng Ebanghelyo ay maaaring mangahulugan ng pagkakaiba sa paggitan ng langit at impiyerno?

# II MGA TAGA-CORINTO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| USB[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Ministro ng Bagong Kasunduan | Ang Sulat ni Kristo | Ang Ating Mnisteryo<br>(2:14-3:6) | Mga Lingkod ng Bagong Kasunduan | Mula sa Troas papuntang Macedonia— Ang Pagka-Apostol: Ang Kahalagahan Nito<br>(2:12-4:6) |
| 3:1-3 | 3:1-3 | 3:1-3 | 3:1-3 | 3:1-3 |
| | Ang Espiritu, hindi ang Sulat | | | |
| 3:4-6 | 3:4-6 | 3:4-6 | 3:4-6 | 3:4-11 |
| | Kaluwalhatian ng Bagong Kasunduan | Ang Ministeryo ng Bagong Kasunduan | | |
| 3:7-11 | 3:7-18 | 3:7-11 | 3:7-11 | |
| 3:12-18 | | 3:12-18 | 3:12-18 | 3:12-18 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang pagbibigay-diin ng kabanatang ito ay lubhang katulad sa pagbibigay-diin sa Aklat ng Hebreo. Ito ay isang paghahambing sa pagitan ng Lumang Kasunduan at ang Bagong Kasunduan. Paanong ang mga makasalanang tao ay gawin matuwid sa Diyos.
   1. pagtupad sa Kautusan ni Moises
   2. pananampalataya pangkatubusang gawain ng Diyos kay Kristo?

   Ang paghahambing na ito ay ginamit ni Pablo upang ipagtanggol ang kanyang ebanghelyo at ang kanyang sarili laban sa ang mga Hudyong bulaang guro na dumating sa Corinto.

B. Ang paggamit ng kabanatang ito ng terminong "espiritu" ay may mataas na kalabuan. Mayroong maraming pagtalakay sa vv. 6,8,17, at 18. Sila ba ay kaugnay sa ang "Banal na Espiritu" o ang konsepto "ng espirituwal"? Mayroong tila sinasadyang pagkalusaw sa pagitan ng dalawa. Ang bagong panahon ay ang panahon ng Espiritu (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38), na pinapasinayaan ang isang espirituwal na pakikipag-ugnayan sa Diyos laban sa isang legal, na pakikipag-ugnayan na batay sa pagsasakatuparan.

C. paggamit ni Pablo ng terminong "kautusan" (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 9:9)
1. kautusan = kapootan; taga-Roma 3:20; 4:15; taga-Galacia 3:10-13; taga-Colosas 2:14
2. kautusan = mabuti sa espiritu; taga-Roma 7:14
3. kaibahan sa pagitan ng taga-Roma 1:5; 2:13; taga-Galacia 3:12; at taga-Roma 3:2 o 8:7; II taga-Corinto 3:6; taga-Galacia 3:21
4. Si Pablo ay ginagamit sina Abraham at Moises bilang dalawang tipolohikong sagisag ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng "pananampalataya" at "kautusan"

Ang Kautusan ay mabuti. Ito ay mula sa Diyos. Ito ay naglilingko, at nagpapatuloy na maglingkod, isang banal na layunin (cf. taga-Roma 7:7,12,14,22,25). Ito ay hindi maaaring magdulot ng kapayapaan o kaligtasan. Si James Stewart sa kanyang aklat *A Man in Christ*, ay ipinapakita kabalintunaang kaisipan at pagsusulat ni Pablo:

> "Likas mong aasahan ang isang tao na magtatakda ng kanyang sarili upang balangkasin ang isang sistema ng kaisipan at doktrina upang isaayos, nang may kahigbitan ang mga kahulugan ng mga termino kanyang ginagamit. Inaasahan mo siyang mag-asam ng katiyakan sa prasiyolohiya ng kanyang nangungunang mga kaisipan. Iyong hihingin na ang isang salita, minsan gamiting ng iyong manunulatsa isang tanging kaunawaan ay tataglayin ang kaunawaan iyan sa lahat ng dako. Ngunit ang makita ito mula kay Pablo ay kabiguan. Karamihan sa kanyang parirala ay lusaw, hindi mahigpit. . .'Ang kautusan ay banal,' ang kanyang sinulat, 'Nalulugod ako sa kautusan ng Diyos batay sa panloob na tao' (cf. taga-Roma 7:12-13) ngunit ito ay maliwanag na isa pang aspeto ng *nomos* na ginawa siyang magsabi na saan mang dako, 'Si Kristo ay tinubos tayo mula sa sumpa ng ang kautusan' (cf. taga-Galacia 3:13)" (p. 26).

D. Si Pablo ay gumagamit ng tatlong pangunahing mga talinghaga sa kabanatang ito:
1. mga sulat, vv. 1-3
   a. mga sulat ng pagtatagubilin, v. 1
   b. sila ay mga sulat, v. 2
   c. mga tipak ng bato sa OT, v. 3
2. Luma at Bagong Kasunduan, vv. 6-11
   a. naisulat na laban sa espirituwal, vv. 3,6
   b. pumapatay laban sa nagbibigay-buhay, v. 6
3. talukbong, vv. 7, 12-16
   a. Moises, v. 12
   b. mga Hudyo sa kapanahunan ni Pablo, v. 14
   c. mga mananampalataya, vv. 14-16

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-3

**[1]Pinasisimulan baga naming muli na ipagkapuri ang aming sarili? o kami baga ay nangangailangan gaya ng iba, ng mga sulat na papuri sa inyo, o mula sa inyo? [2]Kayo ay ang aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso, nakikilala at nababasa ng lahat ng mga tao; [3]Yamang nahahayag na kayo'y sulat ni Kristo, na pinangasiwaan namin, hindi isinulat ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Diyos na buhay, hindi sa mga tapyas ng bato, kundi sa mga tapyas ng pusong laman.**

**3:1** Ang pang-gramatikang anyo ng kapwa mga tanong sa v. 1 ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ito ay mahirap malaman kung Pablo ay nanunuya o nagdadalamhati.

▣ **"ipagkapuri"** Ito salitang ay isang tambalan ng "ilagay" at "magkasama," na ginamit na patalinghaga na magpatunay, balangkasing magkakasama, o itagubulin.
1. patunayan (cf. taga-Roma 3:5; 5:8; II taga-Corinto 7:11; taga-Galacia 2:18)
2. magtiis (cf. taga-Colosas 1:17)
3. magtagubilin (cf. taga-Roma 16:1; II taga-Corinto 3:1; 4:2; 5:12; 6:4; 10:12,18; 12:11)

▣ **"gaya ng iba"** Si Pablo ay gumagamit ng ang terminong ito nang madalas sa II taga-Corinto dahil sa di pagkakasundo sa mga agresibong bulaang guro mula sa Palestina sinusubukang itaas ang kanilang mga sarili sa pagsalungat sa kanilang sarili kay Pablo at kanyang pinagmula at kanyang ebanghelyo (cf. v. 2; 2:17; 10:2). Siya rin ay gumagamit ng katulad na pahayag sa isang pasalungat na kaunawaan sa I taga-Corinto upang maiugnay sa mga pagkilos at mga paniniwala ng ilang miyembro ng iglesiya (cf. 4:18; 15:12).

▣ **"mga sulat na papuri"** Ang sinaunang iglesiya ay nagpatibay mg pamamaraan ng mga sulat ng pagtatagubilin upang matiyak ang orthodoxy at katapatan ng mga naglalakbay na mga ministro(cf. Mga Gawa 18:27; taga-Roma 16:1; I taga-

Corinto 16:3,15-18; taga-Filipos 2:29-30; III Juan v. 12).

**3:2 "Kayo ay ang aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso,"** Si Pablo ay nagpapahayag na hindi niya kailangan ang isang sulat na magtatagubilin sa kanyang sarili sa iglesiyang ito (o mula sa ganitong iglesiya), dahil sa siya ang espirituwal na tagapagtatag gayan ng si Kristo ay tagapagligtas at Panginoon nito. Sila ay kanyang laman-at-dugong sulat (cf. v. 3).

Ang pariralang "naisulat na saating mga puso" ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI. Inibig ni Pablo ang iglesiyang ito. Sila ay nagpapatuloy sa kanyang puso at isipan. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig na ang Diyos/Kristo/Espiritu ay ang kinatawan (cf. v. 3), na nagdudulot ng pag-ibig ni Pablo.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa I taga-Corinto 14:25.

▣ **"nakikilala at nababasa"** Mayroong isang paglalaro ng tunog sa pagitan ng dalawang Griyegong mga salita (i.e., *ginōskomenē* at *anaginōskomenē*, cf. 1:13). Kapwa ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MGA KATAGA.

▣ **"ng lahat ng mga tao"** Ito ay ang paggamit ng terminong "lahat" na kung saan ito ay hindi napapabilang (cf. taga-Roma 11:26). Ito ay maliwanag na isang eksaherasyon, lubhang karaniwan sa Hudyong panitikan (cf. Mateo 5:29-30,38-42; 6:24; 7:3-5; 23:23-24).

**3:3 "Yamang nahahayag"** Tingnan ang tala sa 2:14.

▣ **"kayo'y sulat ni Kristo"** Ang mga mananampalataya ay dapat na maliwanag na maghayag kay Kristo sa kanilang mga layunin, mga salita, at mga pagkilos. Kung paano tayo mamuhay ay nagpapakilala ng Kanyang pangalan!

▣ **"pinangasiwaan namin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣ **"Espiritu, ng Diyos na buhay"** Ang terminolohiyang tumutukoy sa Trinidad na Diyos ay lubhang hindi mahigpit. Ang Espiritu ay kadasalang tumutukoy sa Espiritu ni Hesus (cf. taga-Roma 8:9; II taga-Corinto 3:17; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11). Dito ang katulad na uri ng di-kahigpitan (lusaw) ay maiuukol sa Ama. Ang titulong "buhay na Diyos" ay isang paglalaro sa YHWH, na mula sa Hebreong PANDIWANG "ako nga" (cf. Exodo 3:14). Ang paglalarawang titulo ay karaniwan para sa Ama sa NT (cf. Mateo 16:16; 26:63; Mga Gawa 14:15; taga-Roma 9:26; II taga-Corinto 6:16; I taga-Thesalonica 1:9; I Timoteo 3:15; 4:10; Hebreo 3:12; 9:14; 10:31; 12:22; Pahayag 7:2). Sa OT ang paganong mga diyus-diyosan ay walang buhay. Sila ay hindi makakatugon o sila ay patay sa bahagi ng taon (i.e., ang taglamig) na sumusunod na pagpapayabong na panahon ng kalikasan. Si YHWH lamang ang tunay na buhay, palaging-buhay na Diyos!

▣ **"hindi sa mga tapyas ng bato, kundi sa mga tapyas ng pusong laman"** Ito ay tila nauugnay sa pagkakaloob ng kautusan sa Exodo 31:18 at sa pangako ng isang Bagong Kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34 at Ezekiel 36:22-38). Ito ay isang maliwanag na kaibahan sa pagitan ng ang Lumang Kasunduan bilang panglabas na kautusan laban sa ang Bagong Kasunduan bilang panloob (i.e., bagong puso, bagong isipan, at bagong espiritu, cf. Ezekiel 11:19; 36:26).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:4-6

**4 At ang gayong pagkakatiwala sa Diyos ay taglay namin sa pamamagitan ni Kristo: 5 Hindi sa kami ay sapat na sa aming sarili, upang isiping ang anoman ay *nagmula* sa ganang aming sarili; kundi ang aming kasapatan ay mula sa Diyos; 6 Na sa amin naman ay nagpapaging sapat na mga ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu: sapagkat ang titik ay pumapatay, datapuwat ang espiritu ay nagbibigay ng buhay.**

**3:4 "pagkakatiwala"** Ito ay isa pang termino ni Pablo na karaniwang ginagamit sa II taga-Corinto. Ito ay nagmula sa katulad na Griyegong salitang ugat na pananampalataya, pagtitiwala, paniniwala (i.e., *peithō* at *pistis, pisteuō*). Ito ay nangangahulugang pagtitiwala, pananalig, o pag-asa.

1. paayong konteksto:
   a. mga plano sa paglalakbay ni Pablo, II taga-Corinto 1:15
   b. pananalig ni Pablo sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo, II taga-Corinto 3:4
   c. pagtitiwala ni Pablo kay Tito, II taga-Corinto 8:22
   d. pananalig ni Pablo kay Kristo, taga-Efeso 3:12
2. pasalungat na konteksto:
   a. Nais ni Pablo na maging banayad sa kanila, II taga-Corinto 10:2
   b. Ang nag-aatubiling paghahambing kay Pablo sa kanyang mga katibayan sa mga bulaang guro, taga-Filipos 3:4

**3:5 "Hindi sa kami ay sapat na sa aming sarili"** Ang Griyegong terminong *hikanos* ay karaniwan sa NT at ginamit sa dalawang mga kaunawaan.

1. bilang isang malaking bilang ng anumang bagay (cf. 11:30), kahit na panahon
2. akma, nararapat (cf. 2:6), maaasahan, angkop, may kakayahan, o sapat

Ang ikalawang kaunawaan ay ginamit dito. Ipinapahayag ni Pablo ang kanyang kaunawaan sa di-pagtitiwala sa paggamit ng terminong ito sa I taga-Corinto 15:9. Siya rin ay nagpapahayag na ang mga ministro ng ebanghelyo ay hindi karapat-dapat sa kanilang mga sarili sa II taga-Corinto 2:16 at 3:5.

Ngunit, kahit na wala tayong kasapatan sa ating mga sarili, ang Diyos ang tumawag sa atin at nagpapalakas sa atin bilang Kanyang mga kinatawan (cf. II taga-Corinto 3:6; II Timoteo 2:2). Tayo ay sapat sa Kanya (cf. taga-Colosas 1:12).

▣ **"upang isipin"** Ito ay ang terminong *logizomai*, na ginamit na tatlumpu't-apat na beses ni Pablo, ngunit kulang sa pito sa natitirang bahagi ng NT (cf. 3:5; 5:19; 10:2,7; 11:5; 12:6). Ito ay nagpapakilala ng lohikong pagpapakilala ni Pablo ng mga katotohanan at gayunidin, bilang pagbibigay-sigla upang makapag-isip nang maliwanag sa mga isyu.

Ang terminong ay isang pangunahing teolohikong salitang dahil sa:
1. ang gamit nito sa Septuagint para sa pansariling katotohanan (cf. ang *New International Dictionary of NT Theology*, tomo 3, p. 823)
2. ang gamit nito sa Genesis 15:6, na ginamit ni Pablo na pangatuwiranan ang OT katuwiran batay sa isang malayang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. taga-Roma 4:3)
3. ito maaaring palagiang isang teknikal na terminong ginamit ng mga Sopista sa kanilang retorikong pagpapakilala (tingnan si Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*)

Ang mga makabagong mananampalataya ay kailangan ding maging maingat sa pagsasaalang-alang kung ano ang kanilang paniniwalaan patungkol sa pananampalataya at bakit. Ang ating pangkaisipan at magwikang mga kakayahan ay bahagi ng larawan ng Diyos sa sangkatauhan. Kailangan nating sambahin ang Diyos sa ating mga kaisipan (cf. LXX Deuteronomio 6:5; Mateo 22:37). Tayo ay kailangang magbigay ng isang salaysay ng pag-asa na nasa atin (cf. I Pedro 3:15). Tayo ay kailangang mag-isip sa pamamagitan ng pinaniniwalaan sa ating pananampalataya para sa ating katatagan at para sa pag-e-ebanghelyo. Tingnan ang video "Why I Trust the NT" sa internet sa www.freebiblecommentary.org, i-click ang "Biblical Interpretation Sermons," pagkatapos sa Video Seminar, Dallas, TX, 2009" at pagkatapos sa kanan bahagi ng lesson 3.

**3:6 "mga ministro ng bagong tipan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣ **"hindi ng titik, kundi ng Espiritu"** Mayroong isang kalipunan ng paghahalintulad.
1. naisulat na laban sa espirituwal, vv. 3 at 6
2. sulat laban sa Espiritu, v. 6
3. lumang paglilingkod laban sa espirituwal na paglilingkod, v. 7
4. ang paglilingkod kaugnay sa kahatulan laban sa ang paglilingkod na kaugnay sa tamang-kalalagayan, v. 9
5. kung ano ang lumipas na laban sa kung ano ang mananatili, v. 11
6. ang talukbong na nananatiling nakatakip laban sa ang talukbong ay natanggal na, v. 14

Pinag-iiba ni Pablo ang lumang at bagong kasunduan, ngunit sa katunayan, pusong pananampalataya (cf. taga-Roma 2:29; 7:6) laban sa isipang pananampalataya (i.e., legalismo, pantaong pagsasakatuparan, sariling-katuwiran).

▣ **"ang titik ay pumapatay"** Ito ay tila inuugnay sa pangunahing layunin ng Mosaikong kautusan. Ito ay binigay hindi upang magbigay-buhay, ngunit upang mapatingkad at mahayag ang ating pagkamakasalanan (cf. taga-Roma 7:9-11; taga-Galacia 3:10). Ang Kautusan ay nagdudulot ng kahatulan (cf. taga-Roma 5:13), kapootan (cf. taga-Roma 4:15), at kamatayan (cf. taga-Roma 7:19; II taga-Corinto 3:6). Tingnan si George E. Ladd's *A Theology of New Testament*, pp. 495-510. Ang lugar ng kautusan rin ay maliwanag na makikita sa taga-Roma 3:20; 5:20; 10:4; taga-Galacia 3:24-25. Ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng NT mananampalataya at ang OT Kautusan naging isang malaking nakakalitong isyu. Ito ay tila para sa akin, ay batay sa lahat ng mga talata ng NT, na ang Kristiyano ay hindi nasa ilalim ng OT kautusan (cf. taga-Roma 6:14; taga-Galacia 5:18). Ito ay hindi tama, dahil sa ang OT kautusan lumipas na, ngunit dahil sa ang NT Kristiyano ay tumutupad ng OT kautusan sa pag-ibig ng Diyos, ang mga pakikipag-ugnaya natin ay makikita sa makikita sa pag-ibig ng mga mananampalataya para sa iba (cf. taga-Roma 13:8-10; taga-Galacia 5:14). Ang layunin ng ang kautusan ay dalhin ang nalugmok na sangkatauhan kay Kristo, upang sila ay matubos. Gayunman, dahil sa ang OT kautusan ay hindi isang paraan ng kaligtasa, hindi ito nangangahuluga na ito ay hindi kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan sa lipunan (cf. Mateo 5:17; taga-Roma 8:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises at I taga-Corinto 9:9.

▣ **"ang espiritu ay nagbibigay ng buhay"** Ang kontekstong ito ay hindi nagkakaloob ng isang pang-hermenyutiko pamamaraan! Ang talatang ito ay hindi nauugnay sa pangkasaysayan-pang-gramatikang pamamaraan ng biblikal na hermenyutika laban sa allegorikong pamamaraan. Ito ay pangunahing maiuugnay sa pagkakaiba sa pagitan ng layunin ng ang OT at ang layunin ng NT.

Higit pa sa puntong ito, ang tungkulin ng taos-sa-pusong pananampalataya sa mga kayamanan ng Diyos (cf. Juan 6:63) laban sa pagtitiwala sa mga pantaong kayamanan (i.e., kaalaman, mga gawa, panlahing katatayuan). Ang susi ay pag-ibig ng Diyos, ang gawain ni Kristo, at ang kakayanan ng Espiritu. Pansinin na ang kapwa ang pagpatay ng sulat at pagbibigay-buhay ng Espiritu ay kapwa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA NA MAY MGA PAHIWATIG.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:7-11**

[7]**Nguni't kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat, at nauukit sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas: [8]Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu? [9]Sapagkat kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may kaluwalhatian, ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangasiwang ukol sa katuwiran. [10]Sapagkat katotohanang ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng dahil sa kaluwalhatiang nakakahigit. [11]Sapagkat kung ang lumilipas *ay* may kaluwalhatian, ay lalo pang nananatili *ay* nasa kaluwalhatian.**

**3:7 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin.

▣ **"pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat, at nauukit sa mga bato"** Ang layunin ng kautusan ay upang ipakita ang pagkamakasalanan (cf. taga-Galacia 3:24). Ang bahaging ito, vv. 7-18, ay isang rabinikong *Midrash* sa Exodo 34:23-35. Mayroong isang tatlong patong na gamit ng "talukbong na" talinghaga: (1) Moises; (2) mga pangkasalukuyang Hudyo; (3) mga mananampalataya.

Ang lumang kasunduan ay naisulat na sa pamamagitan ng kamay ng Diyos sa mga tipak ng bato sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19-20). Ang bagong kasunduan, ay naisulat na rin ng Diyos, sa mga puso ng matatapat na mga tagasunod (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Ang unang ay pinapakilala sa pagsunod sa isang panlabas na kodigo, ngunit ang ikalawa, ay pagsunod sa isang panloob na pakikipag-ugnayan.

▣ **"nangyaring may kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

▣ **"hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas"** Ito ay maiuugnay sa Exodo 34:30-35. Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa talatang ito. Ang ilang ay nag-iisip na tinakpan ni Moises ang kanyang mukha upang ingatan ang mga Israelita mula sa pagtingin sa kumukupas na kaluwalhatian (cf. vv. 7,13). Ang iba, gayunman, ay nag-iisipa na tinalukbungan ni Moises ang kanyang mukha dahil ang mga Israelita ay hindi makakatagal sa kaluwalhatian ng Diyos dahil sa kanilang mga kasalanan.

**3:8** Ang talatang ito ay pinag-iiba ang ministeryo ni Moises, na naglalarawan ng kaluwalhatian ng Diyos sa ministeryo ng Espiritu na ibinabahagi ang kaluwalhatian ng Ama.

**3:9 "kung"** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin.

▣ **"ang pangangasiwa ng kahatulan"** Anong isang malakas, nakakagulat na pasalungat na paraan upang ilarawan ang Lumang Kasunduan.

▣ **"ang pangasiwang ukol sa katuwiran"** Ang OT ay nadudulot ng kahatulan para sa karamihan sa mga anak ni Abraham. Ang NT ay nagdudulot ng katuwiran para sa lahat ng mga anak ni Adan kung sila lamang ay magtitiwala sa natapos na gawain ng Diyos kay Kristo at ang panghihikayat ng Espiritu. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I taga-Corinto 1:30.

▣ **"sagana"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG ng *perisseuuō*, na nagbibigay-diin sa nagpapatuloy nitong kalikasan. Tingnan ang mas buong tala sa 1:5 at Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 2:7.

**3:10**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Sapagkat katotohanang ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng dahil sa kaluwalhatiang nakakahigit"** |
| **NKJV** | **"Kahit na kung anumang ginawang maluwalhat ay walang kaluwalhatian sa ganang dahil sa kaluwalhatian na nananagana"** |
| **NRSV** | **"Sa katunayan, ang minsang may kaluwalhatian ay nawala nito ang kaluwalhatian dahil sa mas dakilang kaluwalhatian"** |
| **TEV** | **"Maaari nating sabihin na dahil sa lalong maliwanag na kaluwalhatian ngayon, ang kaluwalhatian na lubhang maliwanag noon ay lumipas na"** |
| **NJB** | **"Sa katunayan, ang minsang isinaalang-alang na maluwalhati ay nawala ang pag-aangkin kaluwalhatian, sa kaibahan ng kaluwalhatian na humihigit dito"** |

Ang OT ay makikilala bilang "nakalipas na kaluwalhatian" (GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG). Ito ay tiyak mula sa Diyos at nagpapakilala sa Diyos. Gayunman, ang mas buong kapahayagan ay kay Kristo, ang kaluwalhatian ng NT (GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI). Ang paghahambing ring ito ng mga kasunduan ni YHWH ay lumago sa aklat ng Hebreo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

Ang TIYAK NA PANTUKOY "sa" (PALAGYO, WALANG KASARIAN, PANG-ISAHAN) ay na ginamit bilang isang pang-gramatikang sisidlang lugar para sa "ang lumang kasunduan" (karamihan sa mga Ingles na salin ay may "ano"). Ito ay makikilala sa kontekstong ito bilang

1. "naisulat na sa mga tipak na bato," vv. 3,7
2. "ang sulat," v. 6
3. "ang ministeryo ng kamatayan," v. 7
4. "ang ministeryo ng kahatulan," v. 9

▣ **"nakakahigit"** Ito ay isang pinaigting na termino mula sa "sa itaas" o "lagpas" at "itapon." Si Pablo ay gumagamit nito dito at sa 9:14 (i.e., "Ang nakakahigit na biyaya ng Diyos"). Siya rin ay gumagamit ng kapwa *perisseuō* at *huperballō* sa 11:23, kung saan kanyang inihahambing ang kanyang pinagmula at ministeryo sa mga katibayan ng mga bulaang guro. Nagpapahayag si Pablo na may napakasiding damdamin at eksaheradong talasalitaan! Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

**3:11 "kung"** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI.

▣ **"ang lumilipas *ay* may kaluwalhatian"** Ito ay ang terminong *katargeō*, na ginamit na napakadalas ni Pablo sa kanyang mga sulat sa taga-Corinto (cf. I taga-Corinto 1:28; 2:6; 6:13; 13:8,10,11; 15:24,26; II taga-Corinto 3:7,11,13,14). Para sa Natatanging Paksa, tingnan ang I taga-Corinto 1:28.

▣ **"ang nananatili *ay* nasa kaluwalhatian"** Ang kaibahan ay hindi sa pagitan ng kung ano ang mula sa Diyos o ang mayroong kaluwalhatian ng Diyos, ngunit anong ang may mas dakilang kaluwalhatian at ang namamalaging kaluwalhatian. Ang sagot ay ang Bagong Kasunduan kay Kristo, ang Bagong Panahon ng Espiritu, at ngayon ay lubusang itinalagang walang hangang plano ng katubusan (cf. Mga Gawa 2:22-24; 3:18-21; 4:28; 13:29-41).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:12-18

**12Yaman ngang mayroong gayong pag-asa ay ginagamit nang buong katapangan sa *aming* pananalita, 13At hindi gaya ni Moises, *na* nagtalukbong ng kaniyang mukha upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan niyaong lumilipas: 14Datapuwat ang kanilang mga pag-iisip ay nagsitigas: sapagkat hanggang sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan, ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas, dahil sa ito ay naalis sa pamamagitan ni Kristo. 15Datapuwat hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang puso. 16Ngunit kapag ang isang tao bumaling sa Panginoon, ang talukbong ay maaalis. 17Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, *doon* ay may kalayaan. 18Datapuwat tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon, ang Espiritu.**

**3:12 "Yaman ngang mayroong gayong pag-asa"** Ito ay tila naiuugnay sa eskatolohikong kaluwalhatian (cf. v. 11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-asa sa I taga-Corinto 13:13.

▣ **"ginagamit nang buong katapangan sa *aming* pananalita"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: PAGIGING MATAPANG (*PARRĒSIA*)

Ang Griyegong salitang ito ay tambalan ng "lahat" (*pan*) at "pagsasalita" (*rhēsis*). Ang pagiging malaya o matapang sa pagsasalita ay kadalasang may pakahulugan ng pagiging matapang sa gitna ng pagsalungat o pagtangi (cf. Juan 7:13; I Thessalonica 2:2).

Sa mga sulat ni Juan (ginamit ng 13 beses) ito ay kadalasang pumapatungkol sa isang pang-madlang pagpapahayag (cf. Juan 7:4, gayundin sa mga sulat ni Pablo, taga-Colosas 2:15). Ngunit, paminsanminsan ito ay nangangahulugang lamang na "pangkaraniwan" (cf. Juan 10:24; 11:14; 16:25,29).

Sa Gawa ng mga Apostol, nagpapahayag ito ng mensahe patungkol kay Hesus sa katulad na kaparaan (na may pagiging matapang) gaya ng pagsasalita ni Hesus patungkol sa Ama at Kanyang mga panukala at mga pangako (cf. Mga Gawa 2:29; 4:13,29,31; 9:27-28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8; 26:26; 28:31). Si Pablo din ay humungi ng panalangin upang siya ay maaaring ipangaral ang Ebanghelyo nang may katapangan (cf. taga-Efeso 6:19; I taga-Thessalonica 2:2) at ipamuhay ang Ebanghelyo (cf. taga-Filipos 1:20).

Ang eskatolohikong pag-asa ni Pablo kay Kristo ay nagbigay sa kanya ng pagiging matapang at pananalig na ipangaral ang Ebanghelyo sa kasalukuyang masamang kapanahunan (cf. II taga-Corinto 3:11-12). Nagkaroon din siya ng pananalig na ang mga taga-sunod ni Hesus ay kikilos nang may-kaangkupan (cf. II taga-Corinto 7:4).

May isa pang aspeto sa salitang ito. Ang mga Hebreo ay gumagamit ng natatanging pang-unawa sa pagiging matapang kay Kristo upang lumapit sa Diyos at makipag-usap sa Kaniya (cf. Hebreo 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang mga mananampalataya ay lubos na tatanggapin at sasalubungin sa pakikipag-isa kasama ang Ama sa pamamagitan ng Anak!

Ito ay ginamit sa maraming pagkakataon sa NT.

1. isang pananalig, pagiging matapang, o katiyakan na kaugnayan sa tao
   a. mga tao (cf. Mga Gawa 2:29; 4:13,31; II taga-Corinto 3:12; taga-Efeso 6:19)
   b. Diyos (cf. I Juan 2:28; 3:21; 4:12; 5:14; Hebreo 3:6; 4:16; 10:19)
2. upang magsalita nang hayagan, pangkaraniwan, o walang kalabuan (cf. Marcos 8:32; Juan 7:4,13; 10:24; 11:14; 16:25; Mga Gawa 28:31)
3. upang magsalit sa madla (cf. Juan 7:26; 11:54; 18:20)
4. ang kaugnay na anyo (*parrhēsiazomai*) ay ginagamit upang mangaral ng may katapangan sa gitna ng mga mahirap na kalagayan (cf. Mga Gawa 18:26; 19:8; taga-Efeso 6:20; I taga-Thessalonica 2:2)

Sang-ayon sa konteksto, ito ay pumapatungkol sa isang eskatolohikong pananalig. Ang mga mananampalataya ay hindi natatakot sa Pangalawang Pagparito ni Kristo; tatanggapin nila ito nang may pananalig na kasigasigan dahil sila ay nananaliti kay Kristo at nabubuhay ng mga pamumuhay gaya ng kay Kristo.

**3:13** Ang talatang ito ay tumutukoy sa talata 7, na isang pagkabanggit sa Exodo 34:29-35. Sa OT ang dahilan para kay Moises sa pagsusuot ng talukbong ay ang takot sa maaaring idulot ng kanyang makinang na muka sa mga Israelita (cf. Exodo 34:30). Ipinaliwanag ni Pablo ang dahilan upang mapatingkad ang kanyang pagpapababa ng Lumang Kasunduan. Gaya ng pagkupas ng mukha ni Moises, gayundin naman, ang kasunduan ni Moises!

Si Pablo gumara ng maraming mga paghahambing sa pagitan ng kasunduan ni Moises at kasunduan ni Hesus.

1. ang Panginoon ng Exodo = ang Espiritu ni Hesus
2. tanging si Moises ang makakalapit sa Diyos nang malapitan laban sa lahat ng mga mananampalataya kay Kristo ay makakalapit sa Diyos
3. Ang kaluwalhatian ni Moises ay kumupas laban sa kaluwalhatian ni Hesus na hindi kumukupas
4. Ang mga tagasunod ni Moises ay makita si Kristo sa OT laban sa mga tagasunod ni Hesus sa pamamagitan ng Espiritu ay wastong maipapaliwanag ang OT sa liwanag ni Kristo
5. si Moises ay nagdala ng pagkaalipin ng pagsasakatuparan laban kay Kristo na nagdudulot ng kalayaan ng biyaya
6. ang sulat ng Kautusan ni Moises ay nagdudulot ng kamatayan laban sa Espiritu ng Bagong Kasunduan ay nagdudulot ng buhay, buhay na walang-hangan, buhay na masagana
7. Ang kasunduan ni Moises ay walang kakayahan na magdulot ng isang matuwid na bayan laban sa kasunduan ni Hesus na nagdudulot ng matuwid na bayan (kapwa sa layon sa pagpapawalang-sala at panarili sa pagpapaging-banal)

**3:14 "Datapuwat ang kanilang mga pagiisip ay nagsitigas"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK MAY PAHIWATIG. Ito Griyegong termino na nagmula sa kaisipan ng "makapal na balat" o "may kalyo" (cf. Marcos 6:52; 8:17; taga-Roma 11:7,25). Espirituwal na pagkabulag ay kapwa isang espirituwal na pinagmulan (i.e., [1] ang Diyos sa paggamit ng BALINTIYAK NA TINIG, cf. Isaias 6:9-10; 29:10; Juan 12:40; taga-Roma 9:18 at [2] Satanas, cf. II taga-Corinto 4:4) at pantaong pinagmulan (cf. Juan 3:19-20). Para sa isang mabuting pagtalakay ng teolohikong hiwaga nagmamatiga na Israel, basahin ang taga-Roma 9-11 at *Hard Sayings of Bible* mula sa Inter Varsity Press, pp. 619-621.

Ang PANDIWANG "nakatakip" sa v. 15 ay maaaring alinman sa PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK (i.e., #1) o PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (i.e., #2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pamamaraan sa 2:11.

▣ **"ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas"** Ginamit ni Moises ang isang literal na talukbong; ang terminong ito ay ginagamit ngayon upang ilarawan panloob na pagkabulag pangkasalukuyang Judaismo. Ang mga Hudyo ay lumalakad sa kahatulan ng Isaias 6:9-10 at 29:10. Ito rin ay maiuugnay sa mga Hudyo ng ating panahon na tumangging tanggapin si Hesus bilang Mesias (cf. v. 15).

▣ **"dahil sa ito ay naalis sa pamamagitan ni Kristo"** Tanging biyaya ng Diyos ang makakapagtanggal ng pagkabulag ng tradisyon, pansariling-katuwiran, at kasalanan. Ang maka-relihiyong bayan ay may pagkahilig din sa espirituwal na pagkabulag gaya ng di-pangrelihiyong bayan. Ang tanging pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan ay

1. ang di-nagbabagong kahabagan ng Ama
2. ang lubos at natapos na pagtubos ng Anak
3. ang pangkalahatang panghihikayat/gawain ng Espiritu

Ang kaligtasan ay isang espirituwal na kaloob at hindi isang bagay ng pamilya, tradisyon, talino, kagalingan, o pagtatangi!

Ang maaaring pinapalahayag ni Pablo sa kontekstong ito ay ang kakayahan ng mananampalataya sa pamamagitan ng Espiritu na makita ang buhay, mga katuruan, at gawain ni Hesus sa OT. Si Hesus mismo ang nagbukas sa mga isipan ng dalawa sa daan sa Emmaus (cf. Lucas 24:13-35, lalo na sa vv. 25-27).

▣

**NASB, TEV** **"inalis"**
**NKJV** **"tinanggal"**
**NRSV** **"itinabi"**
**NJB** **"lumipas na"**

Tingnan ang Natatanging Paksa: *Katargeō* sa I taga-Corinto 1:28.

**3:15 "puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Puso sa I taga-Corinto 14:25.

**3:16 "ngunit kapag ang isang tao bumaling sa Panginoon, ang talukbong ay maaalis"** Ito ay maaaring isang sipi mula sa Exodo 34:34. Kung gayun, ito ay maiuugnay sa mga pagkilos ni Moises habang lumalapit sa Diyos. Ito rin ay tila isang pangkalahatang pagsamo at paanyaya para sa sinuman at bawat-isa na magbalik sa Panginoon. Ang terminong "magbalik" sa Hebreo (*shub*) ay tumutukoy sa pagsisisi. Ang terminong, "ang Panginoon," sa konteksto ay maaaring tumukoy alinman sa kay YHWH o kay Hesus. Ang kalabuan ay maaaring may layunin. Pansinin na ang pinagsamang pagbibigay-diin sa pantaong kusang pagpili at banal na pagkilos (i.e., kasunduan).

**3:17 "Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu"** Ang ministeryo ni Hesus at ang Espiritu ay may ugnayan di-mapaghihiwalay (cf. vv. 17-18). Ang ministeryo ng Espiritu ay upang maitaas si Hesus (cf. Juan 16:8-14).

Sa konteksto, ito ay maaari na si Pablo ay hindi pumupuna sa ugnayan sa pagitan ni Hesus at ng Espiritu, ngunit ang pagtakda ng salitang "Panginoon" (*kurios*) sa v. 16, na nasa konteksto ng Exodo 34:34, ay tumutukoy kay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1), ngunit si Pablo ay ginagamit ito sa kaunawaan ng REB na salin, "Ngayon, ang Panginoon na siyang ipinahahayag ng talatang ito ay ang Espiritu." Kung ito ay wasto, ngayon, ang buong bahagi ay hindi tumutukoy kay Hesus sa terminong "Panginoon," ngunit sa Espiritu (cf. Genesis 1:2, itala din, Gordon D. Fee, *To What End Exegesis*, pp. 218-239). Ito ngayon ang tanging lugar kung saan si Pablo ay gumagamit ng *Kurios* para sa Espiritu. Ito ay isang kaibahan sa pagitan ng kautusang kodigo ng OT at ang ngayon ay di-naisulat na ebanghelyo (i.e., naisulat na laban sa nabubuhay).

## NATATANGING PAKSA: SI HESUS AT ANG ESPIRITU

Mayroong pagkakatulad sa gawain ng Espiritu at ang Anak. Si G. Campbell Morgan ay sinabing ang pinakamahusay na pangalan ng para sa Espiritu ay "ang ibang Hesus" (samakatuwid, sila ay natatanging, walang hanggang persona). Ang sumusunod ay isang balangkas ng paghahambing ng gawa at mga titulo ng Anak at Espiritu.

1. Ang Espiritu ay tinawag na "Espiritu ni Hesus" o sa mga katulad na pahayag (cf. taga-Roma 8:9; II taga-Corinto 3:17; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa katulad na mga salita
   a. "katotohanan"
      1) Hesus (Juan 14:6)
      2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
   b. "tagataguyod"
      1) Hesus (I Juan 2:1)
      2) Espiritu (Juan 14:16,26; 15:26; 16:7)
   c. "Banal"
      1) Hesus (Lucas 1:35; 4:34)
      2) Espiritu (Lucas 1:35)
3. Kapwa namamalagi sa mga mananampalataya
   a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; taga-Roma 8:10; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 2:20; taga-Efeso 3:17: taga-Colosas 1:27)
   b. Espiritu (Juan 14:16-17; taga-Roma 8:9,11; I taga-Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
   c. Ama (Juan 14:23; II taga-Corinto 6:16)

▣ **"*doon* ay may kalayaan"** Ito ay tumutukoy sa kalayaan mula sa espirituwal na pagkabulag, pansariling-katuwiran, at legalismo na dulot ng isang personal pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay Hesukristo (cf. Juan 8:32,36; taga-Roma 14: I taga-Corinto 8; 10:23ff; taga-Galacia 5:1,13).

Isa sa aking itinatanging komentarista, si F. F. Bruce, sa kanyang aklat, *Paul: Apostle of Heart Set Free*, ay sinasabing

> "Walang-dudang nalalaman ni Pablo ang pag-ibig ni Kristo sa lahat-nakakabagbag-damadaming kapangyarihan sa buhay. Kung saan ang pag-ibig ay ang makabagbag-damdaming kapangyarihan, walang

kaunawaan ng paghihirap o pagtutunggali o pagkaalipin sa paggawa ng tama: ang lalaki o babae na inaatasan ng pag-ibig ni Hesus at pinapalakas ng kanyang Espiritu ay ginagawa ang kalooban ng Diyos mula sa puso. Sa (gaya na maaaring sabihin ni Pablo mula sa karanasan) 'kung saan ang Espiritu ng Panginoon ay nandoon, doon, ang puso ay malaya'" (p. 21).

**3:18 "walang talukbong ang mukha"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI na nagpapahiwatig na isang paglagiang pagtanggal ng talukbong. Gayundin, pansinin na ang napapabilang na "tayong lahat" ay tumutukoy sa mga mananampalataya na nalilito at nagkakapangkat-pangkat na iglesiya sa Corinto.

▣ **"tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon"** Ang ebanghelyo ay lubusang inihayag, kapwa si YHWH at si Hesus ng Nazareth (cf. 4:6). Sa ating pagtugon sa pagsisisi at pananampalataya, ang kapahayagan binabago tayo sa Kanyang larawan. Ang katulad na talinghagang ito ay matatagpuan sa 4:4. Ang mga taga-Corinto na Kristiyano ay maliwanag na nakita ang Diyos kay Kristo sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Ang terminong "tumitingin" ay isang di-karaniwang termino. *The Greek-English Lexicon of New Testament and Other Early Christian Literature* nina Bauer, Arndt, Gingrich at Danker ay nagtala ng maaaring mga paggamit batay sa tinig (p. 424).

1. TAHAS NA, nagpapakita ng isang anino
2. BALINTIYAK, kung ano ang nakita sa isang salamin
3. PANGGITNANG, tingnan ang sarili sa isang salamin

▣ **"ay nababago"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Lahat ng MGA MAKADIWA sa kontekstong ito ay BALINTIYAK NA TINIG, na nagpapahiwatig gawain ng Diyos sa ating kapakanan, na binabagong-anyo ang mga mananampalataya sa pagiging katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 12:2). Ang katulad na PANDIWA ay ginamit sa Pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17:2; Marcos 9:2). Nakuya natin ang salitang Ingles na *metamorphosis* mula sa ganitong Griyegong termino.

▣ **"sa gayon ding larawan"** Si Hesus ay ang larawan ng Diyos (cf. 4:4; Juan 1:14-18; 14:9; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:3). Ang sangkatauhan ay nilikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga mananampalataya ay nasa larawan ni Kristo (cf. taga-Roma 8:29-30). Ang pagigin katulad kay Kristo ay ang pangunahing layunin ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya (cf. taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4).

▣ **"mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian"** Mayroong mga yugto sa plano ng Diyos sa pagpapanumbalik at pagbabago. Ang mga mananampalataya ay nasa isang proses (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:15) na nagbibigay-daan sa pagiging katulad kay Kristo (cf. I Juan 3:2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

▣ **"ang Panginoon, ang Espiritu"** Ang ilang maaaring mga salin:

1. King James, "kahit na gaya ng Espiritu ng Panginoon"
2. Vulgate, "kahit na gaya ng mula sa Panginoon (na siyang) ang Espiritu"
3. Westcott at Hort, "kahit na gaya ng mula sa makapangyarihang Espiritu"
4. mula sa konteksto ng vv. 16-17, "kahit na gaya ng mula sa Panginoon na siyang Espiritu" (cf. TEV, NJB, at NIV)

Ito ay mahirap sa ilang mga konteksto na malaman kung ang *pneuma* (i.e., espiritu) ay kailangang maging

1. maliit na "s," na tumutukoy sa pantaong espiritu (cf. KJV ng vv. 6,8; taga-Roma 7:6; I taga-Corinto 15:45)
2. malaking "S," na tumutukoy sa Banal na Espiritu, ang ikatlong persona sa walang-hangang Trinidad (cf. v. 3; taga-Roma 8:9; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Kasunduan at ng Bagong Kasunduan?
2. Bakit sinabing ang OT ay kamatayan? Nangangahulugan ba itong masama ang OT?
3. Ano ay ang ugnayan sa pagitan ng OT at NT?

4. Ang talata bang ito ay ipinapahayag ang Banal na Espiritu o ang espirituwal na nasasakupan?
5. Ano sinusubukang ipahayag sa atin ng talinghaga ng “talukbong” sa mga makabagong panahon na Kristiyano?

# II MGA TAGA-CORINTO 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kayamanan sa Makalupang mga Sisidlan | Ang Liwanag ng Ebanghelyo ni Kristo | Tunay na Kayamanan, Mortal na ma Ministro | Espirituwal na Kayamanan Palayok na Luwad | Mula sa Troas papuntang Macedonia—Ang Pagka-Apostol: Ang Kahalagahan Nito (2:12-4:6) |
| 4:1-6 | 4:1-6 | 4:1-6 | 4:1-6 | 4:1-6 |
| | Pinababa ngunit Di-Napasakop | | | Ang mga Paghihirap at mga Pag-asa ng Pagka-Apostol (4:7-5:10) |
| 4:7-15 | 4:7-15 | 4:7-12 | 4:7-12 | 4:7-12 |
| Nabubuhay sa Pananampalataya (4:16-5:5) | Nakikita ang Di-Nakikita | 4:13-15 | 4:13-15 Nabubuhay sa Pananampalataya (4:16-5:5) | 4:13-15 |
| | 4:16-18 | 4:16-18 | 4:16-18 | 4:16-18 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MAIKLING KONTEKSTUWAL NA BALANGKAS

A. Pagpapakilala sa mensahe, v. 2

B. Pagsalungat sa mensahe, vv. 3-4a

C. Ang mensaheng natalukbungan, vv. 4b-6

D. Kabalintunaan ng mensahe, vv. 7-13

E. Mga bunga ng mensahe, vv. 14-18

# PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-6

**[1]Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeryong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina. [2]Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Diyos; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawat budhi ng mga tao sa harapan ng Diyos. [3]At kung ang aming ebanghelyo ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa mga napapahamak: [4]Na binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na siyang larawan ng Diyos. [5]Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Kristo Hesus na Panginoon, at kami ay gaya ng inyong mga alipin dahil kay Kristo. [6]Yamang ang Diyos, ang nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesukristo.**

**4:1 "namin"** Ito ay maliwanag na si Pablo ay gumagamit ng PANGMARAMIHANG PANGHALIP upang tumutukoy sa kanyang sarili, gaya ng kanyang ginagawa saanman sa kabanata.

▣ **"pagkakaroon namin ng ministeryong ito"** Si Pablo ay tumutukoy sa "ministeryo ng Espiritu" (cf. 3:8), na tinatawag ding "ang ministeryo ng katuwiran" (cf. 3:9). Si Pablo ay gumagamit ng salitang ito para sa paglilingkod, *diakonia*, nang lubhang kadalasan sa II taga-Corinto.

1. *diakonēo*, 3:3; 8:19,20
2. *diakonia*, 3:7,8,9; 4:1; 5:18; 6:3; 8:4; 9:1,12,13; 11:8
3. *diakonos*, 3:6; 6:4; 11:15,23

Ang mga Kristiyano ay iniligtas upang maglingkod (cf. taga-Efeso 2:10). Ang kristiyanismo ay hindi isang "Ano ang pakinabang nito sa akin" na pagtuon kaysa "Ano ang mgagawa ko para sa iba dahil ginawa sa akin ni Kristo para sa akin" na pagtuon. Si Pablo ay naglingkod at tinawag sa paglilingkod (cf. taga-Galacia 2:20). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣ **"ayon sa aming tinanggap na kaawaan"** Ang kahabagan ng Diyos para kay Saul, na isang matibay, militante, laban sa Kristiyano (cf. I Timoteo 1:13,16), sa daan sa Damasco (AORIST BALINTIYAK MAY PAHIWATIG) ay nagpalakas sa kaniya na magpatuloy sa pangangaral ng Mabuting Balita sa harap ng kagipitan.

Si Pablo ay sumusulat sa Griyego, ngunit nag-iisip sa Hebreo. Ang Griyegong terminong *eleeō* (i.e., kahabagan, pagkaawa, pagkahabag) ay ginamit sa Septuagint upang isalin ang Hebreong terminong *hesed* (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 13:1), na maiuugnay sa pangkasunduang katapatan. Si YHWH ay matapat sa Kanyang pangkasunduang mga pangako, kahit na kapag ang sangkatauhan ay hindi! Ang madulang pagbabagong-buhay ni Pablo ay maliwanag na naghahayag ng kahabagan ng Diyos. Siya ay kumikilos sa kahabagan sa mga Hudyo (cf. taga-Roma 9:15,16,18,23-24; 11:30) at sa mga Hentil (cf. taga-Roma 11:32) para sa Kanyang sariling pangkasunduang layunin, na ang pagpapanumbalik ng Kanyang larawan sa sangkatauhan sa pamamagitan ng gawa ni Kristo at ang ministeryo ng Espiritu. Ang katapatan ng Diyos sa Kanyang kasunduan at Kanyang di-nagbabagong katangian ng kahabagan ay ang tanging pag-asa ng sangkatauhan.

▣ **"hindi kami nanghihina"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay dapat maunawaan sa liwanag ng pangkalahatang ministeryo ni Pablo attanging sa kontekstong ito (cf. v. 16). Nararamdaman ni Pablo ang halos pagsuko nang maraming beses. Si Hesus ay nagpakita sa kaniya sa mga pangitain nang maraming beses upang palakasin siya (cf. Mga Gawa 18:9-10; 23:11; 27:24; II Timoteo 4:17). Sa tanging kontekstong ito, sa harap ng pisikal na mga pagsubok at mga suliranin sa iglesiya sa Corinto, si Pablo ay may tiwala na ang mahabagin pangkasunduang Diyos ay nandito at nakapangyayari (cf. 3:12). Ang layunin ay lubhang mahalaga na hindi mawala ang puso (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

**4:2 "tinanggihan namin"** Ito ay AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Mayroong isang kalipunan ng mga bagay tinanggihang personal na gamitin ni Pablo sa kanyang sariling ministeryo.

1. walang mga palihim na pamamaraan
2. walang mga kahiya-hiyang paraan
3. walang tuso
4. walang malikot o pagpapalabnaw ng mensahe ng Diyos

Ang bawat mga pamamaraang ito ay nagpapakita ng mga pananagutan ng mga bulaang guro o kanilang mga pagkilos.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago"** |
| **NKJV** | **"ang mga nakatagong bagay ng kahihiyan"** |
| **NRSV** | **"ang mga nakakahiyang bagay na itinatago"** |

**TEV "lihim at nakakahiyang mga gawa"**
**NJB "nakakahiyang lihim"**

Si Pablo ay gumagamit ng katulad na mga parirala upang ilarawan ang pagkaalipin sa kasalanan sa taga-Roma 6:21 at mga kasalanan ng sangkatauhan na maihahayag sa I taga-Corinto 4:5 (tingnan din sa I taga-Corinto 14:25). Sa kontekstong ito, ang parirala ay tila upang ilarawan ang pamamaraan ng naglalakbay na mga bulaang guro.

▣
**NASB, NKJV "hindi nagsisilakad sa katusuhan"**
**NRSV "tumanggi kaming magsagawa ng katusuhan"**
**TEV "hindi kami kumikilos na may panloloko"**
**NJB "ito ay hindi nating paraan na mahilis"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Si Pablo ay gumagamit ng ang terminong "tuso" (i.e., "lahat" na may "gawa") nang maraming beses sa kanyang mga sulat sa Corinto (cf. I taga-Corinto 3:19; II taga-Corinto 4:2; 11:3; 12:16). Tayo ay dapat lubhang mag-ingat patungkol sa ating mga pamamaraan, gayundin sa ating mga layunin. Para sa Kristiyanismo, ang pamamaraan ay nagtatakda ng katapusan. Ang katulad na salitang ito ay ginamit ni Pablo

1. sa isang sipi mula sa Job 5:13 na tumutukoy sa pantaong karunungan (cf. I taga-Corinto 3:19)
2. kay Satanas na nanunukso kay Eba (cf. II taga-Corinto 11:3)
3. sa panlilinlang ni Satanas at mga bulaang guro (cf. taga-Efeso 4:14)
4. ang ganitong pamamaraan ng mga bulaang guro

▣
**NASB "ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Diyos"**
**NKJV "tinatanganan ang salitang Diyos sa panlilinlang"**
**NRSV "pasinungalingang ang salita ng Diyos"**
**TEV "o pinapasinungaligan natin ang salitang Diyos"**
**NJB "o palsipikahin ang salitang Diyos"**

Ang terminong ito at kaugnay nitong anyo ay nangangahulugang

1. pinalabnaw (cf. 2:17)
2. nabitag sa pain (cf. Mateo 26:4; Marcos 14:1)
3. nadaya o nalinlang (cf. II taga-Corinto 11:13; taga-Roma 3:13)

Ito ay tumutukoy sa isang nagbabagong mensahe batay sa mga pakiramdam ng tagapakinig o sinusubukang linlanging ang mga tagapakinig (cf. I taga-Corinto 1:23).

▣
**NASB "kundi sa pagpapahayag ng katotohanan"**
**NKJV "kundi paghahayag ng katotohanan"**
**NRSV "sa bukas na pahayag ng katotohanan"**
**TEV "sa lubos na liwanag ng katotohanan"**
**NJB "sa pagpapakita ng katotohanan na malaya"**

Para sa "pagpapahayag" tingnan ang buong tala sa 2:14. Ang terminong "katotohanan" ay may PANTUKOY at tumutukoy sa ebanghelyo ni Kristo, ang Bagong Kasunduan. Ang mga bulaang guro kumikilos sa mga nakakahiyang pamamaraan, mga lihim na pamamaraan, ngunit si Pablo nangangaral ng lubusang katotohanan sa madla. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Katotohanan" sa mga Sulat ni Pablo sa 13:8.

▣ **"ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Diyos"** Si Pablo ay tumutukoy sa kanyang pansariling may hangganang pag-ibig para sa iba (cf. I taga-Corinto 9:19-23). Hindi ito nagsasabi ng kompromiso, ngunit kinusang pangsariling hangganan ng kalayaan dahil sa ang pangkulturang pagpili o pansariling pagtatangi ng iba. Ang kanyang pagkukusa ay para sa pag-e-ebanghelyo, hindi pansariling kalayaan (cf. taga-Roma 14:1-15:13; I taga-Corinto 8; 10:23ff).

Si Pablo ay gumagamit ng mga katulad na termino sa 5:11-21, na nagbibigay-diin din sa ebanghelyo at ating bahagi sa pangangaral nito. Tingnan ang mas buong tala sa "maghabilin" at 3:1. Tingnan ang mas buong tala sa "budhi" sa I taga-Corinto 8:7 at 10:25.

▣ **"sa harapan ng Diyos"** Ito ay tila isang pangwikaing pariralang kaagapay sa "Diyos ay aking saksi." Ang ibang mga teksto ni Pablo ay gumagamit din ng ganitong parirala sa isang katulad na paraan (cf. taga-Galacia 1:20; I Timoteo 5:21; 6:13; II Timoteo 2:14; 4:1), gayundin, pansinin ang panunumpa ni Pablo sa 1:23; 11:31; at I taga-Thesalonica 2:5,10).

**4:3 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo. Ang ilang mga tao ay sadyang hindi ito nauunawaan (cf. Mateo 13).

▣ **"ating ebanghelyo ay natatalukbungan pa"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI ng

"nagtalukbong" (cf. 3:14,16). Ito ay maliwanag kay Pablo na kapag ipinangaral ang ebanghelyo, ang ilang tao ay walang pasubaling hindi tutugon dito. Habang ang mga Hudyo ay "pinatitigas" (cf. 3:14; at Isaias 6:9-10), ang mga tagapakinig ng bawat din ay "binulag" (cf. 4:4). Ito ay ang hiwaga ng pagtatalaga laban sa malayang pagpili, ang kabalintunaan ng ebanghelyo (cf. Juan 1:12; 3:16 laban sa 6:44,65).

▣ **"sa mga napapahamak"** Si Pablo ay nagpapatuloy sa kanyang pagtutulad sa ebanghelyo bilang isang samyo ng buhay at ng kamatayan (cf. 2:15; I taga-Corinto 1:18- 19; 8:11; 10:9-10; 15:18). Ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay mahalagang tungkulin, sa ilang buhay, ngunit sa ilan kamatayan.

Para sa konsepto ng "napapahamak" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 8:11 at isang pagtalakay sa I taga-Corinto 1:18.

**4:4 "ang diyos ng sanglibutang ito"** Ang masamang personalidad na ito ay tinawag sa maraming mga pangalan ni Pablo.

1. Satanas (cf. taga-Roma 16:20; I taga-Corinto 5:5; 7:5; II taga-Corinto 2:11; 11:14; 12:7; I taga-Thesalonica 2:18; II taga-Thesalonica 2:9; I Timoteo 1:20; 5:15)
2. Demonyo (cf. taga-Efeso 4:27; 6:11-12; I Timoteo 3:6,7; II Timoteo 2:26; ang PANGMARAMIHAN ginamit sa demonyo, I taga-Corinto 10:20-21; I Timoteo 4:1)
3. "ang pangulo ng kapangyarihan ng hangin" (cf. taga-Efeso 2:2)
4. "ang diyos ng panahon/mundong ito" (tinatawag siya ni Juan na "ang pinuno ng panaho/mundong ito," Juan 12:31; 14:30; 16:11)
5. "ang manunukso" (cf. I taga-Thesalonica 3:5)
6. "ang isang masama" (cf. II taga-Thesalonica 3:3, this titulo ay karaniwan in Mateo's at Juan's writings)
7. "isang anghel ng liwanag" (cf. II taga-Corinto 11:14)

Ang talatang ito ay nagdulot ng malaking pag-aalala sa mga Ama ng sinaunang Iglesiya dahil sa ito ay tila nagdadagdag ng gatong sa apoy ng mga bulaang gurong Gnostiko at Ariano. Samakatuwid, sa kasamaang-palad, binago nila (Irenaeo, Tertulliano, Origen, Chrysostomo, Ambrose, Theodoret, at Augustino) ang Griyego ng tekstong ito sa: "sa kanilang binulag ng Diyos ang isipan ng di-mananampalataya ng mundong ito." Ngayon, si Satanas ay maliwanag na tinutukoy bilang pinuno at kapangyarihan ng mundong ito (cf. Juan 12:31; 14:30; taga-Efeso 2:2). Silang mga sinaunang Ama ng Iglesiya ay hindi gumaganti sa konsepto ng isang pansariling pwersa ng kasamaan, ngunit sa teolohikong konsepto ng Gnostikong Demiurge at ang mga pananaw ng mga Ariano na isang mababang kabanalang Kristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pansariling Kasamaan sa I taga-Corinto 7:5.

▣ **"ng sanglibutang ito"** Ito rin ay ang Griyegong terminong para sa "panahon" (i.e., *aiōnos*) Ito ay tila tumutukoy sa pangHudyong pananaw ng dalawang panahon: ang kasalukuyang masamang pahahon na pinangingibabawan ng kasalanan at ang panahong darawing, itatakda at pangungunahan ng Mesias (cf. Mateo 28:20; taga-Efeso 2:2). Para sa buong pagtalakay ng dalawang panahon, tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:20. Ang mga terminong "ang mundong ito" (*kosmos houtos*) at "ang panahong ito" (*aiōn houtos*) ay ginamit nang palitan (cf. George E. Ladd, *A Theology of New Testament*, p. 223).

▣ **"binulag ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang termino ay ginamit sa espirituwal na pagkabulag sa Mateo 15:14; 23:16; I Juan 2:11 at ang konsepto ay sa Juan 9. Ang katulad na terminong ito ay ginamit sa isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 6:10 sa Juan 12:40. Ito ay isa pang di-karaniwang termino sa mga sulat ni Pablo (cf. taga-Roma 2:19 at dito), ngunit karaniwan sa mga Ebanghelyo.

Sa talata ni Isaias(i.e., 6:9-10) ito ay kahatulan ng Diyos na nakapagpabulag sa mga espirituwal na mata ng mga Israelita dahil sa kanilang nagpapatuloy na di-pananampalataya. Ang katulad na katotohanan ay inihahayag sa taga-Roma 1:21, kung saan ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig ng Diyos (cf. taga-Roma 11:8-10, na sinisipi ang Isaias 29:10 at Mga Awit 69:22-23). Ito ay mahirap timbangin

1. pantaong di-pananampalataya
2. banal na pagpapatigas
3. pagbubulag ni Satanas

Ang pananampalataya ay isang kaloob at isang kinakailangang pagtugon! Ang pangkasunduang kabalintunaan ay ang hiwaga ng pagtatalaga (predestinasyon) at malayang pagpapasya. Dapat hayaan natin ang Diyos maging Diyos at hingin ang pantaong pananagutan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksiyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan para sa isang Teolohikong Pagtitimbang sa II taga-Corinto 8:16-17.

Maiisip mo ba ang kapangyarihan na kailangang taglayin ng isang masama upang siya ay magkaroon ng kakayahang bulagin ang mga mata ng tao mula sa nakakahikayat na ganda ng ebanghelyo (cf. Mateo 13:19) at ang panghihikayat ng Banal na Espiritu upang tumugon dito (cf. Juan 6:44, 65)? Si Pablo ay gumagamit ng maraming mga talinghaga upang ilarawan di-pananampalataya: (1) mga pinatigas na puso; (2) mga binulag na kaisipan; (3) mga natuyong budhi; at (4) mga binulag na mata. Mayroong nagpapatuloy na espirituwal na pakikibaka (cf. taga-Efeso 6:10-19).

▣
**NASB** **"upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo"**
**NKJV** **"na ang liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo. . .ay lumiwanag sa kanila"**
**NRSV** **"upang pigilin sila sa pagkakaita ng liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo"**
**TEV** **"Siya pumipigil sa kanila mula sa pagkakakita ng liwanag na kumikinang sa kanila, ang liwanag na nanggagaling mula sa Mabuting Balita patungkol sa kaluwalhatian ni Kristo"**
**NJB** **"upang di nila makita ang pagkinang ng liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo"**

Kung iyong pansinin sa kontekstong ito, mayroong maraming mga salita na kaugnay ng liwanag. Ito ay tumutukoy kay

1. Hesus, na kadasalang tinawag na "liwanag" (cf. Juan 1:4,9; 3:19; 8:12)
2. maaaring ang karanasan ni Pablo sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9)
3. maaaring isang pagkabanggit sa *Shekinah* na kaluwalhatian ng Diyos mula sa Exodo na binanggit sa v. 6; 3:7)

Ang hindi tingnan si Kristo sa Banal na Kasulatan ay hindi matagpuan ang kaligtasan. Ang NT ay naghahayag ng kaluwalhatian ni Kristo, ang ebanghelyo. Ang OT ay natupad at nalubos sa Kanya. Siya ay ang kinakailangang saligan, panulukang bato, panakip na bato, kaitaasang bato. Ang malampasan Siya ay pagkawasak sa pananampalataya.

▣ **"na siyang larawan ng Diyos"** Ang makita si Hesus ay makita ang Ama (cf. Juan 1:18; 14:8,9; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:3). Ang NT ay nagpapahayag na si Hesus ay nagkatawang-tao upang matustusan ang tatlong mga layunin.

1. lubusan ihayag ang Ama
2. magtubos para sa kasalanan
3. bigyan ng halimbawa ang mga mananampalataya na susundin

**4:5 "hindi namin ipinangangaral ang aming sarili"** Ang pagtatangkang maipaliwanag ang sulat ni Pablo ay tulad ng pakikinig sa kalahati lamang ng isang pagkikipag-usap sa telephono. Ipinagpapalgay natin mula sa mga pahayag ni Pablo ang mga bagay na maaaring nakapagdulot sa kanila. Mula sa 3:1, dito, at mga kabanata 10-13, ito ay maliwanag na si Pablo sa Corinto ay inatake nang personal at kanyang ebanghelyo. Pilit na pinapahayag ni Pablo ang pagka-Panginoon ni Hesus at kanyang pagiging lingkod (cf. I taga-Corinto 3:5-9). Kanya lamang ipinagtatanggol ang kanyang sarili (i.e., "aming mga sarili" ay pagbibigay-diin) o nagpapalaki ng kanyang mga katibayan (cf. kabanata 12) upang pangalagaan ang pagkatotoo ng kanyang ebanghelyo. Para sa isang nakakawiling pagtalakay sa mga hangganan ng apostolikong awtoridad, tingnan si George Ladd, *A Theology of New Testament*, p. 382.

▣ **"si Kristo Hesus na Panginoon"** Ang pariralang ito ay ang paghahayag ng pananampalataya sinaunang iglesiya sa bautismo (cf. taga-Roma 10:9-13; I taga-Corinto 12:3; taga-Filipos 2:9-11). Ang lahat ng tatlong pangunahing mga termino na ginamit sa NT upang italaga ang Isang Panangako, ang Nagdurusang Lingkod, ay ginamit sa pariralang ito.

1. Kristo – Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong terminong *messiah*, na nangahulugang "isang pinahiran." Ito ay nagpapahiwatig ng "isang tinawag at pinalakas ng Diyos para sa isang tiyak na tungkulin." Sa OT tatlong mga pangkat ng mga pinuno: mga saserdote, mga hari, at mga propeta ay pinahiran. Si Hesus ang nakatupad sa lahat ng tatlong mga pinahirang katungkulan (cf. Hebreo 1:2-3).
2. Hesus – Ang Hebreong pangalang ito ay nangangahulugang "si YHWH ay nagliligtas" o "si YHWH ay nagdudulot ng kaligtasan." Ito ay inihayag sa kanyang mga magulang ng isang anghel (cf. Mateo 1:21). "Hesus" ay nagmula sa Hebreong salita para sa kaligtasan, *hosea*, na ikinakapit sa pangkasunduang pangalan para sa Diyos, "YHWH." Ito ay tulad sa Hebreong pangalan para kay Joshue.
3. Panginoon – Ang terminong "panginoon" (*kurios*) ay maaaring ay ginamit sa isang pangkalahatang kaunawaan o sa isang tiyak na teolohikong kaunawaan. Ito ay maaaring mangahulugang "panginoon," "ginoo" "amo," "may-ari," "asawang lalaki," o "ang ganap na Diyos-tao." Ang OT paggamit ng terminong ito (*adon*) nagmula sa pag-aatubili ng mga Hudyo na banggitin ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1), na mula sa ang Hebreong PANDIWANG "siya nga" (cf. Exodo 3:14). Sila ay takot na labagin ang kautusang nagsasabing, "Huwag mong gamiting ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan" (cf. Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11). Iniisip nila na kung hindi nila mabibigkas ito nang tama, maaaring nagamit nila ito sa walang kabuluhan. Kaya, kanilang ipinalit ang Hebreong salita, *Adonai*, na may kahawig na kahulugan sa Griyegong salita, *Kurios* (Panginoon). Ang mga may-akda ng NT ay ginamit ang terminong ito upang ilarawan ang lubusang pagka-Diyos ni Kristo.

Mayroong maraming mga pagpapahayag na parirala ang ginamit kay Hesus.

1. si Hesus ay ang Mesias/Kristo – Mga Gawa 5:42; 9:22; 17:3; 18:5,28; I taga-Corinto 1:23
2. si Hesus ay ang Anak ng Diyos – Mga Gawa 9:20; taga-Roma 1:3-4; Hebreo 4:14
3. si Hesus ay Panginoon – Mga Gawa 2:36; 10:36; 11:20; taga-Roma 10:9; II taga-Corinto 4:5; taga-Filipos 2:11; taga-Colosas 2:6

Sa isang kaunawaan, ang mga ito ang nagbubuod sa sinaunang kaunawaan ng iglesiya kay Hesus ng Nazareth.

**4:6 "Yamang ang Diyos, ang nagsabi, 'Magniningning ang ilaw sa kadiliman'"** Ito ay isang pagkabanggit sa Genesis 1:3 at isang pansariling pagkabanggit sa karanasan ni Pablo sa daang papunta sa Damasco (cf. Mga Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:9-18).

Para kay Pedro ang katulad na uri ng kapahayang karanasan na kinapapaloob ni Hesus at liwanag (i.e., kaluwalhatian) ay nangyari sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (cf. II Pedro 1:19).

**"mga puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 14:25.

**"kaluwalhatian ng Diyos"** Ito ay tila na uugnay sa *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian na sumasagisag sa presensiya ni YHWH sa aklat ng Exodo (cf. 3:17). Ang sagisag na ito ng presensiya ng Diyos ay nailipiat sa Arko ng Kasunduan pagkatapos na tumawid ng ilog Jordan patungo sa Lupaing Pinangako. Si YHWH ay lubusang kilala, hindi bilang isang nakikita, pisikal na bagay, ngunit kay Hesus, ang pagkakatawang-tao ng pagka-Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

**"sa mukha ni Hesukristo"** Ito ay ang nagpapatuloy na paghahambing sa pagitan ng ang talukbong of Moises (cf. 3:13) at ang ganap na larawan ni Hesukristo (cf. Hebreo 1:3). Ang mga mananampalataya ay nakita ang kaluwalhatian ni Kristo sa ebanghelyo (cf. 3:18).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:7-12

**[7]Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos, at huwag mula sa aming sarili; [8]*Kami ay* nahihirapan sa bawat paraan, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; [9]Pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira; [10]Laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan. [11]Sapagkat kaming nangabubuhay ay laging ibinibigay sa kamatayan dahil kay Jesus, upang ang buhay naman ni Jesus ay mahayag sa aming lamang may kamatayan. [12]Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapuwat ang buhay ay sa inyo.**

**4:7 "Ngunit taglay namin ang kayamanang ito"** Ito ay tumutukoy sa nanananahang Espiritu ng Diyos na nagpapalaki, naghahayag, at nagbubuo ng persona ni Kristo sa ating mga buhay (cf. Juan 16:8-14; taga-Roma 8:9; taga-Colosas 1:27; II Pedro 1:3-4).

**"sa mga sisidlang-lupa"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pantaong katawan (cf. v. 10,16; 5:1ff; Genesis 2:7; 3:19; 18:27). Ang buong kontekstong ito ay isang diyalektiko sa pagitan ng pisikal na maka-lupang kalagayan ni Pablo at ang kamangha-manghang espirituwal na kapangyarihan ng ebanghelyo at ang panananahan ng Banal na Espiritu sa kanyang buhay.

**"ang dakilang kalakhan"** *Huperbolē*, tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

**4:8-11 "*kami ay* nahihirapan sa bawat paraan, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis"** Ang mga talatang 8-10 ay naglalaman ng isang kalipunan ng siyam na PANGKASALUKUYANG (karamihan ay BALINTIYAK) NA MGA KATAGA na paglalaro sa sa mga salita sa Koine Griyego na naglalarawan ng hirap ng ministeryo ni Pablo. Ang unang walo na MGA KATAGA ay nasa mga magkakasalungat na tambalan. Ang unang ay naglalarawan sa karanasan sa ministeryo ni Pablo at ang ikalawa ay nagtatakda ng kinahihinatnan. Ang mga halimbawa ng ganitong paglalaro sa salita: (1) "nasa pakakawala ngunit hindi lubusang pagkakawala" at (2) "natumba ngunit hindi napatulog." Ang bahaging ito ay maaaring ihalintulad sa II taga-Corinto 1:6; 6:4-10; 11:23-28.

**4:9 "nangasisira"** Para sa konsepto ng "Pagkawasak" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 8:11 at ang pagtalakay sa I taga-Corinto 1:18.

**4:10 "Laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Hesus"** Ito ay tumutukoy sa kabalintunaan ng ating pagiging wasto sa kaugnayan sa Diyos, ngunit lantad sa pisikal na mga suliranin dahil sa isang nalugmok na mundo. Tayo ay may walang-hangang buhay, ngunit tayo ay mamamatay sa pisikal (cf. 1:8). Kung si Hesus ay tinanggihan at pinagmalupitan (cf. Juan 15:20), gayundin naman, sa mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 15:31; taga-Galacia 2:20; taga-Filipos 3:10; taga-Colosas 1:24; I Pedro 4:12-19).

**"upang ang buhay ni Hesus"** Ito ay tumutukoy sa (1) muling nabuhay sa si Kristo, na siyang pag-asa ni Pablo o (2) ang katapatan ni Hesus sa ilalim ng pag-uusig. Nais ni Pablo na itanghal ang katapatan ni Hesus (cf. v. 11) at makilahok sa muling pagkabuhay ng Kanyang mga tagasunod (cf. v. 14; I taga-Corinto 15).

**"ay mahayag naman sa aming katawan"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK PASAKALI. Basahin ang taga-Galacia 6:17, na maliwanag na tumutukoy sa pisikal na mga pilat ni Pablo sa paglilingkod kay Hesus. Sa pagkabasag ng ating maka-lupang sisidlan, ang kayamanan sa loob ay mas makikita (cf. 12:9-10).

Si Pablo ay gumagamit ng Griyegong terminong *sarx* (i.e., laman) sa maraming mga kaunawaan.

1. ang pantaong katawan ("katawan" of v. 10 kaagapay sa "laman" of v. 11; gayundin ang II taga-Corinto 7:5; 10:3; 12:7)
2. nilalang na tao (cf. II taga-Corinto 5:16; 11:18)
3. pantaong angkan (i.e., ama – anak, cf. taga-Roma 1:3; 4:1)
4. sangkatauhan bilang isang kabuuan (cf. I taga-Corinto 1:26,29)
5. pantaong pagkamakasalanan (cf. taga-Roma 7:5,18; 8:3,4,5,8,9,12,13; II taga-Corinto 7:1; 10:2)

**4:11 "kaming nangabubuhay ay laging ibinibigay sa kamatayan dahil kay Hesus"** Ang teolohikong kaunawaan sa talatang ito ay maaaring sa I taga-Corinto 4:9, kung saan ang mga Apostol ay nasa pagpapakita, kapwa sa mga anghel sa mga tao. Ang mga mananampalataya rin nasa pagpapakita sa isang nalugmok na mundo at ang maka-angel na mundo (cf. taga-Efeso 2:7; 3:10).

Ang terminong "laging" (cf. 6:10) ay kaagapay sa "palagi" ng v. 10. Ang panawagan sa ministeryo ay isang panawagang kinusa sa pang-araw-araw na kamatayan sa sarili (cf. 5:14-15; taga-Roma 6:7; I taga-Corinto 15:31; taga-Galacia 2:20; taga-Filipos 3:8,10; I Juan 3:16). Ang ugaling ito ay kabaliktaran ng pagkapahamak ng sangkatauhan sa Genesis 3. Ito ay katibayan ng pagiging katulad ni Kristo, na ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa sangkatauhan.

Ang terminong "ay ibinibigay sa" (*paranididōmi*) ay ginamit kay Judas ipinasa si Hesus sa mga may kapangyarihan (cf. Mateo 20:18-19; Marcos. 10:33). Ito ay ginamit ni Hesus sa isang propetikong kaunawaan ng paglalarawan ng Kanyang mga tagasunod sa Mateo 10:17; 24:9; Marcos 13:11-12.

Ang pariralang "dahil kay Kristo" ay dapat maunawaan bilang pananahilan. Ang mga kabigatan sa ministeryo ay hindi nakikinabang kay Kristo, ngunit sila ay nasa atin dahil sa sinusunod natin siya. Gaya ng kanilang pagmamalupit sa Kaniya, sila rin ay magmamalupit sa atin. Gayunman, ito rin ay totoo na mga bagay na ating pinagdusahan bilang mga tagasunod ni Kristo ay siya ring mga bagay na makakatulong sa atin na mas lumagong katulad Niya.

Ang pagkakilanlan ni Pablo sa kamatayan ni Hesus ay gumaganap sa teolohiya sa maraming mga antas.

1. sacramental na teolohiya (cf. taga-Roma 6:3-5; taga-Colosas 2:12; 3:1,3-5)
2. doktrina ng iglesiya (cf. I taga-Thesalonica 4:14-15)
3. pansariling karanasan (cf. II taga-Corinto 4:10-11; taga-Galacia 2:20; taga-Filipos 3:10)

▣ **"lamang may kamatayan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

**4:12 "Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapuwa't ang buhay ay sa inyo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG na nagsasatao ng kamatayan. Ito ay tumutukoy sa pisikal na pag-uusig kay Pablo at sa kanyang pangmisyong pangkat (cf. v. 16) at sa espirituwal na buhay nila, kung saan kanyang pinangangaral ang ebanghelyo.

Sa *The Anchor Bible* na kalipunan sa II taga-Corinto, si Victor Furnish ay naniniwala na ito ay BALINTIYAK NA TINIG (p. 257) dahil sa TINIG na nangingibabaw sa vv. 10-11, kung saan ang nauunawaang paksa ay ang kapangyarihan ng Diyos (cf. v. 7). Ito ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay gumagamit ng mga pagsubok at mga pang-uusig bilang isang paraan ng pagdudulot ng pagiging katulad kay Kristo sa Kanyang mga tagasunod. Ang mga buhay ng pinuno ay nagbibigay kapangyarihan sa kanilang mga mensahe (cf. 1:3-11; II Timoteo 2:9-10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:13-15

**[13]Ngunit yamang mayroong gayon ding espiritu ng pananampalataya, na gaya ng kung ano ang nasusulat, SUMAMPALATAYA AKO, AT KAYA'T NAGSALITA AKO; kami naman ay nagsisisampalataya, at kaya't kami naman ay nangagsasalita; [14]Na aming nalalaman na ang bumuhay na maguli sa Panginoong Hesus ay siya ring bubuhay na maguli sa amin na kalakip ni Hesus, at ihaharap kaming kasama ninyo. [15]Sapagkat ang lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo, upang ang biyaya na pinarami sa pamamagitan ng marami, ay siyang magpasagana ng pagpapasalamat sa ikaluluwalhati ng Diyos.**

**4:13 "mayroong gayon ding espiritu ng pananampalataya"** Ang makabuluhang bagay dito na katulad sa pananampalataya na ginawang wasto ang isang tao sa Diyos sa OT (i.e., ang manunulat ng Mga Awit 116) ay ang pananampalataya na ginawang wasto isang tao sa Diyos sa NT (i.e., Abraham sa Genesis 15:6, sinipi ni Pablo sa taga-Roma 4:3,9,22).

Si Pablo ay gumagamit ng terminong "espiritu" sa kaunawaan ng sarilin ng isang tao. Siya ay kadasalang gumagamit ng "espiritu" bilang isang paraan ng tumutukoy sa mga panloob na katangian ng isang taong nilalang (tingnan ang tala sa 4:21). Ito ay <u>hindi</u> nauugnay sa katulad na pariralang matatagpuan sa I taga-Corinto 12:9, na tumutukoy sa Espiritu na nagkakaloob sa mga mananampalataya ng pananampalataya. Ito ay tumutukoy sa nakakapagligtas na pananampalataya tulad ng kay Abraham (cf. Genesis 15:6). Kawili-wiling, sa *Word Studies in the New Testament*, tomo 2, sinabi ni M. R. Vincent na, "hindi tiyakan na ang Banal na Espiritu, o, sa kabilang band, isang pantaong katangian o disposisyon, nguning paghahalo ng kapwa; pananampalataya bilang isang kaloob ng Espiritu ng Diyos" (p. 82).

Sa *Synonyms of Old Testament*, si Robert Girdlestone ay may nakakawiling pagtalakay sa paggamit ng terminong "espiritu" sa NT (pp. 61-63).

"1. mga masamang espiritu
2. ang pantaong espiritu
3. ang Banal na Espiritu
4. mga bagay na idinudulot ng Espiritu sa loob at sa pamamagitan ng pantaong mga espiritu
   a. 'hindi isang espiritu ng pagkaalipin laban sa isang espiritu ng pagkupkop' – taga-Roma 8:15
   b. 'isang espiritu ng kaamuhan' – I taga-Corinto 4:21
   c. 'isang espiritu ng pananampalataya' – II taga-Corinto 4:13
   d. 'isang espiritu ng karunungan at kapahayagan sa kaalaman sa Kanya' – taga-Efeso 1:17
   e. 'hindi isang espiritu ng pagkamahiyain laban sa kapangyarihan, pag-ibig at disiplina' – II Timoteo 1:7
   f. 'espiritu kamalian" laban sa "espiritu ng katotohanan' – I Juan 4:6"

▣ **"na gaya ng kung ano ang nasusulat"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI, na ginamit ng mga may-akda ng OT na tumutukoy sa pagiging kaloob at kahalagahan ng Banal na Kasulatan (cf. Mateo 5:17-19).

▣ **"SUMAMPALATAYA AKO, AT KAYA'T NAGSALITA AKO"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng ga Awit 116:10, na nagpapahayag ng pagliligtas ng Diyos sa isang banal.

**4:14 "na ang bumuhay na maguli sa Panginoong Hesus"** Ang pariralang ito ay isang napakagandang pagkakataon upang ipakita na ang NT ay kadasalang ipinagpapalagay ang mga gawain ng katubusan sa lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos.
1. Diyos Ama ang bumuhay kay Hesus (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 6:4,9; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10)
2. Diyos Anak ang bumuhay sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Diyos Espiritu ang bumuhay kay Hesus (cf. taga-Roma 8:11)

Mayroong maraming mga kaibahang nauugnay sa ang pariralang, "ang Panginoong Hesus."
1. "ang Panginoong Hesus" – MSS א, C, D, F, G
2. "ang Panginoong Hesukristo" – MS 436
3. "ang Panginoong Hesus mula sa mga patay" – MSS 104, 459
4. "Hesus" – MSS $P^{46}$, B

Ang UBS[4] ay nagbibigay sa opsyon #1 ng isang "B" na antas (halos tiyak), ngunit si Bruce Metzger pinili ang opsyon #4 (gaya ng sa ang NET Bible). Gaya ng maraming mga kaibahan, kung anuman ang orihinal, hindi ito makakaapekto sa pangkalahatang kahulugan ng talata.

▣ **"bubuhay na maguli sa amin… ihaharap kami"** Ito ay kapwa PANGHINAHARAP NA TAHAS NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang mga mananampalataya ay mabubuhay mula sa mga patay (*syn* kasama ni Hesus) at ipakilala sa Ama (*syn* kasama ang lahat ng mga mananampalataya).

Ang kaunawaan ni Pablo sa panahon ng Ikalawang Pagdating ay may kalabuan. Sa ilang mga teksto ito ay tila inaasahan niyang siya ay buhay sa *parousia* (cf. I taga-Thesalonica 4:15,17; I taga-Corinto 15:51-52; at taga-Filipos 3:20; 4:5), ngunit sa ibang mga teksto, tila kanyang ipinapakilala ang kanyang sarili na kasama ng mga mananampalataya na namatay na (cf. I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; 5:1-10). Tanging ang Ama ang nakakaalam ng oras ng Ikalawang Pagdating (cf. Mateo 24:36; Marcos 13:32; Mga Gawa 1:7). Ang Ikalawang Pagdating ay ang pag-asa ng bawat salinlahi ng mga mananampalataya, ngunit ang katotohanan ng tanging isang lahi. Ang mga mananampalataya ay dapat mamuhay nang handa, handa sa masugid na paglilingkod kay Kristo.

**4:15** Ang puso ni Pablo ay tulungan ang makasalanang mga tao na dumating sa pananampalataya kay Kristo at matagpuan ang tunay na kapayapaan at kaligayahan at bigyan ng papuri ang Diyos (cf. 1:11 at NASB, NRSV, TEV, NJB). Ang NKJV ay isang mas bahagyang literal "sa nakakarami." Ito ay maaaring tumutukoy sa mga taga-sunod ni Pablo sa iglesiya sa Corinto. Ito kabaliktaran ng "ilan" (cf. 3:1; 10:12; I taga-Corinto 4:18; 6:11; 8:7; 10:7,8,9,10; 15:6,12,34,35). Ang talatang 15 ay maliwanag na isang doxolohikong buod.

▣ **"sa ikaluluwalhati ng Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:16-18

**[16]Kaya nga hindi kami nanghihimagod; bagamat ang aming pagkataong labas ay pahina, ngunit ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw. [17]Sapagkat ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng kaluwalhatiang walang hanggan na malayong-malayo sa lahat ng pagtutulad; [18]Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagkat ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwat ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan.**

**4:16 "Kaya nga hindi kami nanghihimagod"** Ito ay isang paulit-ulit na paksa sa mga sulat ni Pablo (cf. 4:1; taga-Galacia 6:9; taga-Efeso 3:13; II taga-Thesalonica 3:13). Ang mga pangyayari ay, sa katotohanan, sa pagpapalakas ng ating espirituwal na katatagan at pagiging mabunga.

▣ **"bagamat ang aming pagkataong labas ay pahina, ngunit ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw"** Ito ay kapwa PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG, na nagpapakilala ng nagpapatuloy na pagkilos. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay mahirap isalin at maunawaan sa kontekstong ito. Karamihan sa mga saling Ingles ay isinalin sila bilang TAHAS NA NA TINIG, ngunit sila rin ay maaaring magpakilala ng banal na pagkilos sa paggamit ng pisikal na mga suliranin at mga pag-uusig bilang isang paraan ng pagpapalakas at pagpapalog ng mga tagasunod ni Kristo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17; II taga-Corinto 4:16-18; taga-Filipos 1:29; 3:11; I taga-Thesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Hebreo 5:8; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-19). Sa taga-Efeso 3:16 at 4:24 may isang paghahalintulad sa lumang tao at ang bagong tao, ngunit ang pagkakaiba dito ay sa pagitan ng ating panlabas na pisikal na katawan at ating panloob na espirituwal na kalikasan.

▣ **"ay nababago"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: MAGPANIBAGO (*ANAKAINŌSIS*)

Ang Griyegong salitang ito sa kanyang magkakaibang anyo (*anakainoō, anakainizō*) ay may dalawang panimulang mga kahulugan.

1. "magdulot sa isang bagay na maging bagong at maging kakaiba (i.e., mas mainam)" – taga-Roma 12:2; taga-Colosas 3:10
2. "magdulot ng isang pagbabago sa isang nakalipas na piniling kalalagayan" – II taga-Corinto 4:16; Hebreo 6:4-6

(kinuha mula sa Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, pp. 157, 594)

Si Moulton at Milligan, *The Vocabulary of Greek Testament*, ay nagsasabi na ang ang salitang ito ay (i.e., *anakkainōsis*) hindi matatagpuan sa Griyegong panitikan na mas maaga kay Pablo. Maaaring si Pablo ang lumikha ng salitang ito sa kaniyang sarili (p. 34).

Si Frank Stagg, *New Testament Theology*, ay may isang nakakawiling puna.

> "Ang muling kapanganakan at pagbabago ay nasa Diyos lamang. *Anakkainōsis*, ang salita para sa "pagpapanibago o pagbabago," ay isang pangngalang pagkilos, at ito ay ginamit sa Bagong Tipan, kasama ang mga pandiwang anyo, upang ilarawan ang isang nagpapatuloy na pagbabago, tulad ng sa taga-Roma 12:2, 'magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip' at 2 taga-Corinto 4:16, 'ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.' taga-Colosas 3:10 ay inilalarawan ang 'bagong tao' bilang 'bagong pagkatao, na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong lumalang sa kaniya.' Samakatuwid, ang 'bagong tao,' ang 'pagbabago ng buhay,' ang 'muling kapanganakan,' o 'pagpapanibago,' sa paanong paraan man tawagin, ay matutunton sa isang panimulang pagkilos at isang nagpapatuloy na pagkilos ng Diyos bilang tagapagbigay at tagapagpatuloy ng walang hanggang buhay" (p. 118).

▣ **"araw-araw"** Si Pablo ay gumagamit ng Hebreong pangwikaing (cf. Genesis 39:10; Esther 3:4; Mga Awit 68:19) pag-uulit sa v. 16, "araw-araw," at isang katulad na Hebraikong pag-uulit sa v. 17, "sobra-sobra" (i.e., *huperbolēn eis hperbolēn*). Tandaan, ang mga may-akda ng NT (maliban kay Lucas) ay Hebreong/Aramaikong palaisip na nagsusulat sa Koine Griyego. Mayroong maraming Hebraikong mga wikain at pang-gramatikang mga balangkas, gayundin sa maraming OT na mga pagkabanggit at mga sipi ng NT.

**4:17-18** Ang talatang 17 ay lubhang katulad sa taga-Roma 8:18, habang v. 18 ay katulad sa taga-Roma 8:24. Si Pablo ay sumulat ng taga-Roma mula sa Corinto! Siya ay nag-iisip patungkol sa kanyang panawagan at mga suliranin kaugnay nito. Sa katotohanan, hindi maitutulad ang pansamantalan magaang dalamhati sa walang hangang kaluwalhatian! Ito ay ang biblikal na pananaw sa mundo na nagpapanatili ng mga tao ng Diyos sa nalugmok na mundong ito. Siya ay kasama natin, para sa atin, at dadalhin ang Kanyang sariling presensiya na mananatili magpakailan man!

**4:17 "ay gumagawa"** Ang katulad na PANDIWA ay ginamit sa taga-Roma 5:3-4 at Santiago 1:2-4, na nagsasabi din ng mga pakinabang ng pagdurusa at pag-uusig.

▣ **"ng kaluwalhatiang walang hanggan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

▣ **"malayong-malayo sa lahat ng pagtutulad"** *Huperbolē*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano ipinapahayag ng v. 1 ang mga paraan ng mga bulaang guro?
2. Makatuwiran ba ang pagbabago ng mga ama ng sinaunang iglesiya sa Griyegong teksto ng v. 4 upang matugunan ang suliranin ng kanilang panahon?
3. Ano ang ibig-sabihin na si Satanas ay ang "diyos" mundong ito?
4. Bakit si Pablo ay nabibigay-pansin sa kanyang pisikal na mga suliranin laban sa kanyang espirituwal na mga kalakasan?

# II MGA TAGA-CORINTO 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Nabubuhay sa Pananampalataya | Katiyakan ng Muling-Pagkabuhay | Lakas ng Loob sa Pagharap sa Kamatayan | Nabubuhay sa Pananampalataya | Ang Paghihirap at mga pag-asa ng Pagka-Apostol |
| (4:16-5:10) | | | (4:16-5:10) | (4:7-5:10) |
| 4:16-5:5 | | | | |
| | 5:1-8 | 5:1-5 | | 5:1-5 |
| 5:6-10 | Ang Harapan ng Hukuman ni Kristo | 5:6-10 | 5:6-10 | 5:6-10 |
| Ang Ministeryo ng Pagkakasundo | 5:9-11 | Karagdagang Pagtatanggol sa Kanyang Ministeryo ng Pagkakasundo | Pakikipagkaibigan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo | Ang Pagkilos ng Apostol |
| 5:11-15 | | 5:11-15 | 5:11-15 | 5:11-15 |
| | Makipagkasundo sa Diyos | (5:11-6:13) | (5:11-6:13) | |
| | 5:12-21 | | | |
| 5:16-6:10 | | 5:16-6:10 | 5:16-19 | 5:16-19 |
| | | | 5:20-6:3 | 5:20-6:10 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Tinatalakay ni Pablo ang kanyang kamatayan sa vv. 1-10.
   1. Siya ay gumagamit ng dalawang mga talinghaga.
      a. isang maka-lupang tolda laban sa isang palagiang gusali na ginawa ng Diyos
      b. may damit laban sa walang damit (i.e., hubad)
   2. Napakahirap sundan ang nauunang mga kaisipan ni Pablo. Tinatalakay niya ba ang patungkol sa
      a. atin na nadamitan kay Kristo sa bautismo (cf. vv. 2-4)
      b. ang panananahan ng Espiritu sa kaligtasan (cf. v. 5)
      c. ating pagtanggap ng isang bagong espirituwal na katawan at pagbabalik ni Kristo (cf. vv 3 at 10)

3. Ang pinakamabuting mga kaagapay sa mga sulat ni Pablo upang maipaliwanag ang tekstong ito ay matatagpuan sa taga-Roma 8:18-25,26-30 (i.e., hinagpis) at I taga-Corinto 15:53-54 (i.e., “tiisin”).
4. Sa anumang paraan, ang tekstong ito ay nauugnay sa pagtalakay ni Pablo ng pagdurusa sa mga kabanata 4 at 6. Ang matapat, maka-Diyos na pamumuhay sa gitna ng mga mahihirap na pangyayari ay isang paulit-ulit na paksa.

B. Si Pablo ay gumagawa ng isang pangunahing teolohikong panindigan sa vv. 6 at 8. Noong una, ang mga mananampalataya at di-mananampalataya ay iniisip na pupunta sa H*ades* at kamatayan upang maghintay ng kahatulan (tingnan ang Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa 5:6). Ang Rabinikong Judaismo ay nagpapahayg ng isang paghati sa kinaroroonan ng mga patay (i.e., OT *Sheol*) sa pagitan ng matuwid at masama. Ipinapahayag ni Pablo sa muling pagkabuhay ni Hesus, kinuha Niya ang mga matuwid na kasama niya sa langit. Ngayon, ang mga mananampalataya ay hindi napupunta sa *hades*, ngunit kasama ng Panginoon. Kung ito ay nagpapahiwatig ng isang lubusang pakikipag-ugnayan o isang may katakdaang pakikipag-ugnayan ay di-tiyak. Ang Bibliya ay hindi inihayag ang detalyadong impormasyon patungkol sa susunod na buhay.

C. Si Pablo ay gumawa ng isa pang nakakagulat na pahayag sa v. 10. Tila ang lahat ng mga mananampalataya at di-mananampalataya ay haharap kay Kristo bilang hukom. Ito ba ay isang kaagapay sa kahatulan sa tupa at kambing ng Mateo 25 o ang kahatulan sa Puting Trono sa Pahayag 20? Kung ang mga mananampalataya ay pinatawan na sa lahat ng kasalanan sa pamamagitan ni Kristo, ano ang hahatulan sa kanila? Muli, ang mga ginitong tiyak na mga tanong ay hindi masasagot nang bibilikal. Ang lohikong pagpapalagay ay sila ay may pananagutan sa
1. mensahe ng ebanghelyo
2. kanilang espirituwal na kaloob
3. kanilang paggamit ng pisikal na mga pinagkukunan
4. kanilang kahandaan sa paglilingkod

Ngunit, ito ay palagay lamang batay sa nilalaman ng vv. 11-21.

D. Ang pagtalakay ni Pablo ng espirituwal na pananagutan sa vv. 11-21 ay maliwanag na naglalarawan ng mga makasarili, maaaring imoral na mga pagkilos/mga pangangaral ng mga bulaang guro.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-5

**[1]Sapagkat nalalaman namin na kung masira ang aming bahay na tabernakulong ukol sa lupa, ay mayroong kaming isang gusaling mula sa Diyos, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan. [2]Sapagkat tunay na sa ganito kami ay nagsisihibik, na nangagnanasang mabihisan kami ng aming *tahanang* mula sa langit: [3]Na kung mabihisan nga kami niyaon ay hindi kami mangasusumpungang hubad. [4]Sapagkat tunay na kaming nangasa tabernakulong ito ay nagsisihibik, na nangabibigatan; hindi sa ninanasa naming maging hubad, kundi ninanasa naming kami'y bihisan, upang ang may kamatayan ay lamunin ng buhay. [5]Ngayon ang gumawa sa amin ng bagay ding ito ay ang Diyos, na nagbigay sa amin ng patotoo ng Espiritu.**

**5:1 “nalalaman namin”** Ito ay may kahirapan sa aklat na ito na malaman ang nauuna sa PANGMARAMIHAN MGA PANGHALIP ni Pablo. Minsan, siya ay tumutukoy sa (1) kanyang sarili; (2) kanyang pangmisyong pangkat; o (3) lahat ng mga mananampalataya. Ang konteksto lamang ang makakapagpasya ng ipinapahiwatig. Dito, aking ipinagpapalagay ang #3.

**“kung”** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ang kamatayan ni Pablo ay tiyak maliban na ang Ikalawang Pagdating ay mauunang mangyari. Kanyang inisip na siya ay mamamatay sa Asya (cf. 1:8-10). Ang kanyang buhay bilang isang Apostol ay hindi naging madali o walang sakit (cf. 4:7-12; 6:3-10; 11:24-28). Tiyak na hindi nalalamang ni Pablo ang oras o mga pangyayari ng kanyang kamatayan. Maaaring kaniyang iniisip o inaasam na nabubuhay kapag bumalik si Kristo (cf. I taga-Corinto 15:51-52; taga-Filipos 3:20; I taga-Thesalonica 4:15,17). Gayunman, sa ibang mga talata siya ay inaasahang mabubuhay mula sa mga patay (cf. I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14. Para sa isang mabuting pagtalakay tingnan si F. F. Bruce’s *Answers to Questions*, pp. 200- 201). Ang pag-asa ng pagiging buhay sa pagbalik ni Kristo ay ang pag-asa ng bawat salinglahi ng mga mananampalataya ngunit ang katotohanan sa isa lamang na pinag-uusig na salinglahi.

**“tabernakulo”** Ito ay isa sa maraming biblikal na mga talinghaga para sa karupukan ng pantaong katawan (i.e., damo, palayok). Nalalaman ni Pablo na kanyang katawan ay napakalapit na. Sinusubukan niyang kumpunihin ang maraming lumang tolda!

▣

**NASB, TEV** **"ay masira"**
**NKJV, NRSV** **"ay mawasak"**
**NJB** **"ay matupi"**

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PASAKALI. Nalalaman ni Pablo na ang buhay at kamatayan ay nasa kamay ng Diyos (i.e., BALINTIYAK NA TINIG). Nalalamang niyang siya'y mamamay, ngunit hindi niya alam kung kailan o paano (i.e., PASAKALI PANAGANO).

Ang terminong ito ay may malawak na semantikong pagkakagamit. Sa OT at ang NT, ang *kataluma* ay ginamit para sa isang paupahang lugar at *katalu*ō paras sa isang lugar upang manirahan o tumira o magpahinga. Gayunman, ito rin ay ginamit sa pagkawasak o pagpapawalang-bisa ng anumang bagay (na isang patalinghanga karugtong ng *luō*, i.e., makawala cf. Mateo 24:2). Sa Isaias 38:12 ito ay ginamit sa pagbababa ng isang tolda. Ito ay tila ang pinakamainam na kaagapay ng paggamit ni Pablo dito.

▣ **"mayroong kaming isang gusaling mula sa Diyos"** Ito ay isang nananatiling gusali (cf. Juan 14:2-3; Hebreo 11:10) na maihahambing sa isang gumagalaw, pansamantalang tolda (cf. Hebreo 11:9). Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Nagpapahayag si Pablo ng isang propetikong katotohanan na para itong isang kasalukuyang katotohanan.

▣ **"bahay na hindi gawa ng mga kamay"** Ang ating mga bagong katawan ay magiging espirituwal (cf. I taga-Corinto 15:35-49), tulad ng kay Hesus (cf. Marcos 14:58; I Juan 3:2).

▣ **"walang hanggan, sa sangkalangitan"** Ito ay tumutukoy sa pananahanang lugar ng Diyos. Ang terminong "langit" ay PANGMARAMIHAN dahil sa ang mga rabbi ay nagtatalo kung gaano karami ang "mga langit". In Genesis 1 ang terminong langit ay tumutukoy sa kalawakan sa ibabaw ng mundo. Kaya ang mga rabbi ginamit ang kanilang kaalaman sa biblikal na numerolohiya na nagpapahayag isang ikatlong langit o isang ikapitong langit gaya ng lugar kung saan ang Diyos ay nanananahan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Langit sa 12:2.

Ang langit ay hindi sa taas o nasa labas. Ito maaaring ay isa pang dimensiyon na walang panahon at without time at kalawakan. Si Hesus ay may kakayahan pagkatapos ng muling pagkabuhay na magpkita at maglaho, gayundin, kumilos mula sa isang lugar patungo sa isang lugar. Minsang ang laki ng pisikal na kalawakan ay naunawaan, ang kahanga-hangang espirituwal na kalagayan ay nakakapagpalito.

**5:2 "na sa ganito"** Ito ay WALANG KASARIAN sa kasarian, na tumutukoy sa "bahay" sa v. 1.

▣ **"nagsisihibik"** Ito salitang ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy na dumaing o huminga nang malalim para sa bagong kaayusan ng Diyos at ating bagong espirituwal na mga katawan (cf. taga-Roma 8:18-27; ang nalikha ay dumadain, v. 22; mga mananampalataya ay dumadaing, v. 23; at ang Espiritu dumadaing, v. 26).

▣ **"nangagnanasa"** Ito ay isang malakas na termino para sa pagnanais (cf. 9:14). Ang PANGNGALANG anyo ay nasa 7:7 at 11. Si Pablo ay isang tao ng malakas na mga pakiramdan.

**5:3-4 "mabihisan nga niyaon"** Si Pablo ay kadasalang gumagamit ng damit bilang isang talinghaga para sa espirituwal na buhay. Ang pananamit na tinutukoy dito ay ang panlabas o pang-ibabaw na tunika (*ependutēs*, cf. Juan 21:7). Siya ay gumagamit ng damit bilang isang talinghaga para sa mga pagpili sa pamumuhay ng tao. Ang mga mananampalataya ay hinihimok na tanggalin ang lumang buhay at iwan ito tulad ng isang damit (cf. 3:8,9; taga-Efeso 4:22,25,31; Santiago 1:21; I Pedro 2:1). Sila ay dapat ilagay si Kristo (cf. 3:10,12,14; taga-Efeso 4:24; taga-Roma 13:14; taga-Galacia 3:27). Ang mga mananampalatayang ito ay minsan ay pinamamahalaan at pinangingibabawan ng kanilang masama mga pagnanasa, ngunit ngayon, sa pamamagitan ni Kristo, na talikuran sila (cf. taga-Roma 5-6). Ang termininong ito sa paglalagay kay Kristo ay maaaring may kaugnayan sa kautusan ng bautismo sa sinaunang iglesiya, kung saan bagong mga nagbagong-buhay ay magsusuot ng malinis, maputing kasuotan pagkatapos ng bautismo. Hindi nais ni Pablo ang walang katawang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at ang muling pagkabuhay, ngunit nagnanais na makilahok sa mga pangyayaring nauugnay sa ang Ikalawang Pagdating (cf. I taga-Thesalonica 4:15-17), sa isang bagong espirituwal na katawan.

Ang teolohikong konsepto ng walang katawang kalagayan ay hindi tiyakang inihayag sa Banal na Kasulatan, ngunit ang tanging isang nag-aatubiling pagkakasangkot dahil ang konsepto ay ginamit sa Griyegong pilosopiya bilang isang nagpapatuloy na kalagayan na pinasimulan bilang isang mas mataas na pisikal na kawalang katawan. In *Word Pictures in the New Testament* si, A. T. Robertson ay nagsasabing "Si Pablo ay hindi nag-aasam na magkaron ng tila walang katawang espiritu sa kanyang espirituwal na kasuutan" (tomo 4, p. 228). Ang sumusunod ay isang maikling tala mula sa aking komentaryo, tomo 7, I taga-Thesalonica 4:16 (tingnan sa www.freebiblecommentary.org).

> **"'At mga patay kay Kristo ay unang babangon'** Ang pariralang ito ay nagdudulot ng pagkalito patungkol sa kung saan ang mga patay mapupunta sa pagitan ng kanilang kamatayan at muling pagkabuhay na araw. Ang

talatang ito ay nagpapahiwatig ng na sila ay mananatili sa libingan (cf. Mateo 27:52-53).

Gayunman, II taga-Corinto 5:8 ay nagpapahiwatig ng na sila ay kasama ng Panginoon. Ang kalutasan ay maaaring sa paghahaka ng isang walang katawang kalalagayan. Ang pisikal na katawan ay mananatili sa libingan, ang pwersa ng buhay ay makakasama ng Panginoon. Mayroong maraming di masagot na mga tanong dito. Ang Bibliya ay hindi nagkakaloob ng isang maliwag na talatang panturo sa paksang ito.

Karamihan sa mga salin ay isinasalin ito na tulad ng mga banal na kasama ng Diyos/Hesus at babalik kasama niya (cf. NASB). Ang isa pang pananawa ay matatagpuan sa TEV, "Silang mga namatay na nananampalataya kay Kristo ay unang babagon sa pagkabuhay."

**5:3** Ang talatang tatlo ay maaaring isang panaklong. Ito ay mahirap na malamang tiyakan kung ano ang tinutukoy ni Pablo dahil sa

3. ang teksto ay hinahalo ang mga talinghaga
4. ang kawalang katiyakan kung papaanong ang "hubad" ay maiuugnay sa "paglalagay"
5. ang kontekstuwal na pakikipag-ugnayan sa Apostolikong pagdurusa (kamatayan) o pagsalungat (bulaang mga katuruan)
6. mayroong ding dagdag na suliranin sa isang kaibahan sa teksto. Ang pinaka mainam na tektuwal na katibayan ay sa huli *eudusamenoi* ("tanggalin," i.e., MSS $P^{46}$, א, B, C, $D^2$), ngunit ang lubhang katulad ng terminong *ekdusamenoi* ("ilagay," i.e., MS $D^*$) na gumagawa ng mas may kaunawaan sa konteksto. Kung ang isa ay mamimili ng pamantayan sa tekstuwal na kritisismo
   a. ang mas matandang Griyegong manuskrito ay mas mabuti
   b. ang pinaka di-karaniwang teksto ay maaaring orihinal

   ngayon, si Pablo may naisulat na isang totolohiya (paligoy-ligoy) (i.e., "tanggalin. . .hubad"). Ang UBS[4] ay di makapagpasya ("C" na antas), ngunit inilalagay ang "ilagay" sa teksto. Ang NET Bible ay pinili rin ang opsyon #2, "ilagay."

▣ **"hubad"** Ang salitang ito ay kadasalang ginamit sa Griyegong panitikan para sa piliin ang walang katawang kalalagayan at kamatayan (cf. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, p. 822; Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp.322-324; George E. Ladd, *A Theology of New Testament*, pp. 552- 554). Ang mga Griyego ay nananabik para sa ganitong pasimulang pagpapalaya mula sa pisikal na katawan, gayunman, ang Kristiyanismo, tulad ng Judaismo, ay nagpapahayag na tayo palaging magkakaroon ng isang pangkatawang pagpapahayag (kapwa mga mananampalataya at mga di-mananampalataya, cf. Daniel 12:1-2; Mateo 25:46; Juan 5:28-29). Marahil, si Pablo ay muling pinabubulaanan ang katuruan (i.e., pasimulang Gnostisismo).

**5:4** Ang ganitong maikli at mahiwagang talata ay kailangang naipaliwanag sa liwanag ng taga-Roma 8:18-25,26-30 (i.e., "daing") at I taga-Corinto 15:53-54 (i.e., "mortal," "nilamon"). Ito ay tila isang muling pagpapahayag ng talata 2.

**5:5 "gumawa"** Si Pablo ay madalas na gumagamit ng salitang ito sa II taga-Corinto (cf. 4:17; 5:5; 7:10,11; 9:11; 12:12). Ang ating mga buhay ay hindi pinamamahalaan ng swerte, pagkakataon, kapalaran, ngunit sa pamamagitan ng Diyos. Kahit ang ating mga pagsubok ay maaaring mga kaparaanan ng paglago at mas dakilang pananampalataya (cf. taga-Roma 8:28-30; Hebreo 5:8).

Ang pagkakaloob ng Espiritu ay

1. ang tanda ang Bagong Panahon na nagsimula na
2. ang katibayan ng pansariling kaligtasan
3. ang pamamaraan ng ministeryo
4. ang pamamaraan sa paglago
5. ang katiyakan ng langit

▣

**NASB, NJB "patotoo"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "garantiya"**

Ang konseptong ito ay isang pangako na may isang OT pinangagalingan (tandaan, ang mga nanunulat ng NT ay mga Hebreong palaisip na nagsusulat sa Koine Griyego).

1. isang pangako na babayara ang isang pagkakautang (cf. Genesis 38:17,18,20; Deuteronomio 24:10-13)
2. isang pangako ng pagkakaloob na patutustos (cf. I Samuel 17:18)
3. isang pansariling pangako (cf. II Hari 18:23; Isaias 36:8)

Ang Griyegong termino ay tumutukoy sa isang "paunang-bayad" o panuang salapi (cf. II taga-Corinto 1:22; 5:5). Sa makabagong Griyego ito ay ginamit sa isang singsing na pangkasuduan, na pangako ng isang kasalan ay magaganap. Ang Espiritu ay ang katuparang pangako ng isang bagong panahon ng katuwiran. Ito ay bahagi ng "nandito na" at "hindi pa" na pag-iigting ng NT, na magkasanib na dalawang Hudyong panahon dahil sa ang dalawang mga pagdating ni Kristo (tingnan ang ang pinakamahusay na pagtalakay sa *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Fee at Stuart, pp. 129-134). Ang Espiritu

ay isang pangakong ipinagkaloob ngayon para sa isang panghinaharap na pagkalubos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:6-10**

**[6]Kaya nga kami'y laging malakas ang loob, at nalalaman namin na, samantalang kami ay nangasa tahanan sa katawan, ay wala kami sa harapan ng Panginoon. [7](Sapagkat nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin); [8]Na malakas ang loob namin, ang sabi ko, at ibig pa nga namin ang mawala sa katawan, at mapasa tahanan na kasama ng Panginoon. [9]Kaya't ang amin namang pinagsisikapan, maging sa tahanan man o di man, ay maging kalugodlugod kami sa kaniya. [10]Sapagkat tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Kristo; upang tumanggap ang bawat-isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama.**

**5:6**
**NASB** **"malakas ang loob"**
**NKJV, NRSV** **"nananalig"**
**TEV** **"lubos ang tapang"**
**NJB** **"lubos ang pananalig"**

Ang terminong ito ay ginamit nang maraming beses sa II taga-Corinto sa dalawang mga kaunawaan.

1. pagtitiwala, mabuting kagalakan (cf. 5:6,8; 7:16)
2. katapangan (cf. 10:1,2)

Ang ating nagpapatuloy na pagtitiwala (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI) kay Kristo ay nagbibigay sa atin sa katapangan sa panalangin at ministeryo.

▣ **"nangasa tahanan…wala"** Mayroong isang paglalaro sa salita sa pagitan ng dalawang ito kaugnay ng mga termino (gayundin sa vv. 8 & 9).

1. *endēmountes*, nasa tahanan (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI)
2. *ekdēmoumen*, tayo ay wala sa tahanan (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG)

Kung nalalaman mo na ikaw ay nasa Kanya, ikaw ay palaging nasa tahanan kasama Niya, kahit na, habang nasa mundo, tayo ay nabubuhay sa pananampalataya (cf. v.7).

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan
   A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
   B. Katangian ng *Sheol*
      1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deuteronomio 32:22
      2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
      3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
      4. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Awit16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
      5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
      6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Habakkuk 2:5
      7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, Isaias 14:9-11)

II. Bagong Tipan
   A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo)
   B. Katangian ng *Hades*
      1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
      2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
      3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
      4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23
   C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)
      1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II taga-Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
      2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)
   D. *Gehenna*
      1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay

lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronica 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.

2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
   a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
   b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
   c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
   d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
   e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
   f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
   g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
   h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na
1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deuteronomio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.
1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay
1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I taga-Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I taga-Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II taga-Corinto 5:6,8; taga-Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.
1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Genesis 1:14; Deuteronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; taga-Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II taga-Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I taga-Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II taga-Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Pahayag 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; taga-Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27) ay

napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I taga-Corinto 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong
   A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*
   B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

**5:7 "Sapagkat nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin"** Ito ay isang paulit-ulit na paksa sa NT (cf. 4:18; Hebreo 11:1,10,27; I Pedro 1:8). "Lakad" ay isang biblikal na talinghaga para sa pamumuhay. Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa ang pisikal na mundo, ngunit sa pananampalataya nakakaunawa at nagtitiwala sa di-nakikitang mundo.

**5:8** Ito ay isang napakagandang talata para sa mga Kristiyano. Ito ay nagpapahayag na tayo ay makakasama ng Panginoon sa ilang kaunawaan sa kamatayan. Pinabubulaanan nito ang konsepto ng kaluluwang natutulog. Bagamat ang ating pakikipag-ugnaya sa ibang mga mananampalataya ay di-tiyak sa kalalagayan ito at ang ating pakikipag-ugnaya sa Panginoon ay hindi lahat, ito ay pagkatapos nating matanggap ang ating bagong mga katawan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang dakilang pagtitiwala na tayo ay Kaniya nang makakapiling! Ang katotohanang ito ay hindi maliwanag na itinuturo saan mang dako sa Bibliya malibang maaari sa taga-Filipos 1:21-23, na ginagawa itong isang napaka-makabuluhang talata! Sa liwanag ng katotohanag ito, si Pablo at lahat mga mananampalataya ay makakayang harapin ang anunam at bawat pangyayari sa buhay.

**5:9 "ang amin namang pinagsisikapan. . . maging kalugodlugod kami sa kaniya"** Ito ay ang adhika at pag-uudyok para sa mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:8-10; taga-Colosas 1:10).

Ang terminong "kalugodlugod" ay matatagpuan sa maraming inskripsyon, kahit na bago pa sa kapanahunan ni Pablo. Ito ay isang islogan ng katapatan at kaganapan sa Hellenistikong unang siglong pangkulturang kapaligiran (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of Greek Testament*, p. 259). Si Pablo ay isang palabasang iskolar ng kapwa Griyego at Hebreong kaisipan.

**5:10 "tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Kristo"** Ang pinakamalapit na konteksto ay naisulat na sa mga mananampalataya; kahit na mga mananampalataya ay tatayo sa harapan ng Diyos (cf. taga-Roma 14:10; I taga-Corinto 3:10-17). Tila, tayo ay hahatulan/gagantimpalaan para sa ating mga motibo, kahandaan, at paggamit ng espirituwal na mga kaloob. Ang kasalanan at mga kasalanan ay lubusang nang binayaran sa panghaliling kamatayan ni Kristo, ngunit ang pagdidisipulo ay isang isyu!

Sa konseptong si Hesus bilang Hukom, nandito ang isang maikling tala mula sa aking komentaryo sa Juan 3:17 (tingnan ito sa internet sa www.freebiblecommentary.org).

> "Mayroong maraming mga talata sa Juan na nagpapahayag na si Hesus ay dumating bilang Tagapagligtas, hindi Hukom (cf. 3:17-21; 8:15; 12:47). Gayunman, mayroong ibang mga talata saJuan na nagpapahayag na si Hesus dumating upang humatol, hahatol (cf. 5:22-23,27; 9:39; at sa ibang bahagi ng NT, Mga Gawa 10:42; 17:31; II Timoteo 4:1; I Pedro 4:5).
>
> Maraming nga teolohikong pagpuna ay nasa ayos: (1) Ang Diyos ang nagkaloob ng gawain ng kahatulan kay Hesus, na gaya ng Kaniyang ginawa sa paglalang at katubusan, bilang isang tanda ng karangalan (cf. 5:23); (2) Si Hesus ay hindi dumating sa unang pagkakataon upang humatol, ngunit upang magligtas (cf. 3:17), ngunit sa katotohanan na ang mga tao ay tinanggihan Siya, sila na ang humatol sa kanilang mga sarili; (3) si Hesus ay magbabalik bilang Hari ng mga Hari at Hukom (cf. 9:39).
>
> Ito na tila mga magkakasalungat na pahayag ay katulad sa mga panahayag patungkol kay Juan Bautista na siya o hindi siya si Elias."

▣ **"ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama"** Ito ay isang pangkalahatang prinsipyo na ang mga tao ay may pananagutan para sa kanilang mga pagkilos at magbibigay ng isang pagsusulit sa Diyos (cf. Job 34:11; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; I taga-Corinto 3:8; taga-Galacia 6:7-10; II Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12). Kahit na ang mga mananampalataya ay magibibigay ng isang pagsusulit sa kanilang mga buhay at paglilingkod kay Kristo (i.e., "ang aklat ng mga gunita"). Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mga gawa ngunit naligtas para sa mga gawa (cf. taga-Efeso 2:8-10; Santiago at I Juan). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kristiyanong Kalayaan laban sa Kristiyanong Pananagutan sa I taga-Corinto 10:23.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:11-15

**[11]Yamang nalalaman nga ang pagkatakot sa Panginoon, ay aming hinihikayat ang mga tao, ngunit kami ay nangahahayag sa Diyos; at inaasahan ko na kami ay nangahayag din naman sa inyong mga budhi. [12]Hindi namin ipinagkakapuring muli ang aming sarili sa inyo, kundi binibigyan namin kayo ng dahilan na ikaluluwalhati ninyo dahil sa amin, upang kayo'y mangagkaroon ng *isang sagot* sa mga nagpapaluwalhati sa anyo, at hindi sa puso. [13]Sapagkat kung kami ay maging mga ulol, ay para sa Diyos; o maging kami ay mahinahon ang pag-iisip, ay para sa inyo. [14]Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ay nagpipigil sa amin; sapagkat ipinasisiya namin ang ganito, na kung ang isa ay namatay para sa lahat, kung gayo'y lahat ay nangamatay; [15]At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at muling nabuhay.**

**5:11 "ang pagkatakot sa Panginoon"** Ang pariralang ito ay maiuugnay sa lugar ng kahatulan ni Kristo na binanggit sa v. 10. Mayroong isang paggalang at pagkamangha (cf. Mga Gawa 5:11; 9:31) na nauukol sa Hukom ng Sanlibutan (cf. Hebreo 10:31; 12:29; Judas 22-23)! Ang mga mananampalataya ay inuudyukan na mamuhay ng maka-Diyos na mga buhay at ibahagi ang ebanghelyo sa kaalaman ang bawat is ay nagbibigay ng pagsusulit sa Diyos.

Ang titulong "Panginoon" ay maaaring tumutukoy kay YHWH o Hesus. Ang pariralang "pagkatako sa Panginoon" ay karaniwan sa Septuagint, na tumutukoy kay YHWH. Gayunman, ito rin ay isang karaniwan NT titulo para kay Hesus. Ang kahatulan ay na kay YHWH, ngunit Kanyang inilaan ito sa Kanyang nagkatawan-taong Anak.

▣ **"aming hinihikayat ang mga tao"** Sa konteksto, ito ay maaaring tumutukoy sa maraming tiyak na mga pangkat ng mga tao.

1. mga di-mananampalataya (cf. v. 10)
2. mga bulaang guro (cf. v. 12)
3. mga mahinang mananampalataya (cf. vv. 11-12)

Ang ministeryo ni Pablo ay tinupad ang Dakilang Komisyon kapwa sa pag-e-ebanghelyo (cf. Mateo 28:19) at gayundin sa pagtuturo ng mga disipulo (cf. Mateo 28:20).

▣ **"kami ay nangahahayag sa Diyos"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG. Matapang na inihahayag ni Pablo na ang Diyos ay lubusan at ganap na nalalamang ang kanyang mga layunin at mga naisin (cf. 4:2). Tingnan ang tala sa 2:14.

▣ **"kami ay nangahayag din naman sa inyong mga budhi"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PAWATAS. Si Pablo ay bumabalik sa isang nakalipas na kaisipan na ipinahayag sa 4:2. Ang kanyang ministeryo sa kanila ay naigng lubusang bukas at matapat Nais ni Pablo na ang iglesiyang ito ay maunawaan ang kanyang mga layunin sa ministeryo at mga pagkilos na maliwanag na gaya ng pakakilala ng Diyos sa kanila.

▣ **"mga budhi"** Tingnan ang buong tala sa 1:12.

**5:12 "ipinagkakapuring ang aming sarili"** Tingnan ang buong tala sa 3:1.

▣ **"upang kayo'y mangagkaroon ng *isang sagot* sa mga nagpapaluwalhati sa anyo, at hindi sa puso"** Ang mga layunin at pamamaraan sa ministeryo ay napakahalaga! Tila inihahambing ni Pablo ang sa kanya sa ibang mga pinuno sa iglesiya sa Corinto (cf. 4:2, tingnan din ang I taga-Corinto 3:10-15). Ang ilang mga pinuno ay nagpapalabas lamang at walang sustansiya

▣ **"ikaluluwalhati. . . nagpapaluwalhati"** Ang mga ito ay kapwa mga anyo ng terminong *kauchēma*. Mayroong isang nararapat na pagmamapuri (i.e., ang iglesiya ay nagmamapuri kay Pablo) at di-nararapat na pagmamataas (i.e., ang pagyayabang ng mga bulaang guro). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas sa I taga-Corinto 5:6.

▣ **"anyo"** Tingnan ang buong tala sa 1:11.

**5:13 "kung. . .kung"** Ang mga ito ay kapwa UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa ang pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"maging mga ulol"** |
| **TEV** | **"totoong baliw"** |
| **NJB** | **"walang katuwiran"** |

Ito ay ang Griyegong terminong "Manindigan" (*histēmi*, tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 15:1) na may PANG-UKOL "sa labas" (*ek*). Ito ay maaaring gamitin sa

1. paghanga (cf. Mateo 12:23; Marcos 5:42)
2. pagkatakot (cf. Marcos 16:8; Lucas 5:26)
3. pagkawala ng malay (cf. Mga Gawa 10:10; 11:5; 22:17)
4. pagkawala ng mga kaunawaan o pagkabaliw (cf. Marcos 3:21; II taga-Corinto 5:13)

Ito ay malaman nang tiyakan kung ano ang tinutukoy ni Pablo. Maraming mga komentarista ay maiuugnay ito sa 11:1,16; 12:11. Gayunman, isang kakaibang salita ang ginamit: "mangmang." Sa mga kabanatang ito, inihahalintulad ni Pablo ang kanyang espirituwal na karanasan at mga katangian sa karismatikong mga bulaang guro. Marahil, ito ay isang puna mula sa mga huwad na mga guro na tumutukoy kay Pablo.

▣ **"maging kami ay mahinahon ang pagiisip, ay para sa inyo"** Tiyak na si Pablo ay mayroong mga sandali ng espirituwal na lubos na kaligayahan (cf. Mga Gawa 9; I taga-Corinto 14:5,18; II taga-Corinto 12), ngunit para sa ministeryo kanyang ipinamuhay at ipinakilala ang ebanghelyo nang may kaliwanagan at may pag-aalala, sa kaugnayan nito sa pangkulturang mga inaasahan ng pangkat na kanyang pinaglingkuran (cf. I taga-Corinto 9:19-23).

**5:14 "Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo"** Sa gramatika, ito ay alinman sa: "ang pag-ibig ni Kriso para sa atin" (i.e., PANARILING DYENITIBONG) o "ating pag-ibig para kay Kristo" (i.e., NILALAYONG DYENITIBONG). Sa kontekstong ito, opsyon #1 ay ang pinakamainam.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"nagpipigil"** |
| **NKJV** | **"nagpipilit"** |
| **NRSV** | **"humihimok"** |
| **TEV** | **"namamahala"** |
| **NJB** | **"nagpuspos"** |

Ang terminong ito ay nangangahulugang "magkakahawak na mahigpit." Ang pag-ibig ay pinipigilan ang ating mga pagpili at mga pagkilos. Ang kalikasan ng ebanghelyo ay naguutos nang nararapat na pagkilos; kung gayon, kamatayan sa mga makasariling adhikain at pamumuhay.

▣ **"ang isa ay namatay para sa lahat"** Ang pangkalahatang pag-ibig ng Diyos ay makikita kay Kristo na Siyang namatay para sa Hudyo at Hentil (cf. taga-Efeso 2:11-3:13). Ang lahat ng tao ay may potensyal na maligtas kay Kristo (cf. v. 19; Juan 3:16-18; 4:42; taga-Roma 5:18; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14). Ang mga talatang 14-15 ay nasa isang kaagapay na pakikipag-ugnayan. Ang pagtubos ni Krista para sa iba (cf. Isaias 53) ay binigyang-diin nang tatlong beses. Ang katulad na katotohanan ay naihayag sa taga-Roma 5:12-21. Ito ay kadasalang tinawag na Adan/Kristo tipolohiya (cf. I taga-Corinto 15).

▣ **"kung gayo'y lahat ay nangamatay"** Sa teolohiya, ang mga mananampalataya ay kasama sa kamatayan ni Kristo sa kanilang bautismo. Ang kanyang kamatayan ay nagkakaloob sa atin ng kapatawaran at walang hangang buhay (cf. taga-Roma 6).

Gaya ng pagkakilala sa atin sa Kanyang kamatayan, tayo rin ay dapat na makilala sa Kanyang pag-aalay ng buhay para sa iba (cf. I Juan 3:16). Makasarili, sakim na pamumuhay ay di-nararapat para sa mga mananampalatayang binili ng dugo (cf. v. 15).

In *Synonyms of Old Testament*, si Robert B. Girdlestone ay may isang mabuting pagtalakay sa ganitong bagong kahulugan ng "kamatayan" para sa mga mananampalataya.

> "Ang ating Panginoon ay sinabi sa Kanyang mga alagad (Mateo 16. 28), 'Mayroong ilang nakatayo dito na hindi makakaranas ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Anak ng Tao na dumarating sa kanyang kaharian.' Ang mga salita ay binigay sa isa pang anyo sa Marcos (9. 1), 'Mayroong ilan na hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang kaharian ng Diyos na dumarating na may kapangyarihan.' Tingnan din ang Lucas 9. 27.
>
> Ang paksa ng talatang ito ay upang ihanda ang mga isipan ng mga alagad para sa dakilang katotohanan na ang kamatayan, na hanggang ngayon ay kilabot ng mundo, ay mawawala ang *lasa* o *tibo* sa katayuan nilang nakipag-isa ang sa Panginoon sa pamamagitan ng pananampalataya. Si Kristo mismo ay kailangang mamatay, Siya ay kailangang magdusa ng mga sakit ng kamatayan, ang Kanyang kaluluwa ay lubhang nagdadalamhait kahit na sa kamatayan, at iligtas sila na may takot sa kamatayan na ang lahat sa kanilang mga buhay ay napailalim sa pagkaalipin. Samakatuwid, Siya ay nagpakilala ng isang bagong pananaw ng buhay at kamatayan, na sinasabi sa Kanyang mga alagad na maliligtas niya ang kanyang buhay sa pagtanggi sa Panginoon, ay mawawalan nito, habang siya na handang mawala ang kanyang buhay para sa kapakanan ng Panginoon, ang siya ring maliligtas ito. Ang Panginoon ay ikakahiya ang sa Dakilang Araw, ngunit tatanggapin ang.
>
> Ang pagpasok sa isang bagong buhay na naganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo kinpapalooban ng kamatayan sa isa pang kaunawaan. Ito ay isang pahinto sa pantaong kalikasan mula sa luma

nitong mga kalakaran at mga prinsipyo ng pag-iral—sa ibang mga salita, ito ay kamatayan sa kasalanan. Tulad ng pisikal na pagkalusaw ng katawan na huminto nang makaramdam, ang puso na pumintig, ang mga kamay na gumawa, at ang mga paa na lumakad, kaya sa mistiko nitong kamatayan ang katawan at lahat ng sangkap nito ay hindi na alipin ng kasalanan; ang katulad na paglabag o malaking agwat ay ginawa sa pagitan ng Kristiyano at kasalanan gaya ng sa pagitan ng mga patay na tao at ang panlabas na mundo kung saan siya dati ay nabubuhay at kumikilos at taglay ang kanyang pagkatao. Ang kamatayang ito ay nauugnay sa pagpapapako sa krus ni Kristo, na 'namatay sa kasalanan.' Ang mananampalataya na nabautismuhan sa kamatayan ni Kristo, siya ay namatay kasama ni Kristo, ginawang alinsunod sa Kanyang kamatayan, ay napako sa krus kasama ni Kristo (taga-Roma 6. 5; 2 taga-Corinto 5. 14; taga-Galacia 2. 19, 20; taga-Colosas 2. 20, 3. 3)" (pp.285, 286).

**5:15** Ang talatang 15 kaagapay at ipinapaliwanag ang v. 14. Ito ay isang napakahalagang katotohanan. Ang kaligtasan ay walang bayad, ngunit ang pamumuhay sa wangis ni Kristo ay gugugol ng lahat ng bagay na ating pagkatao at taglay (cf. taga-Galacia 2:20)!

▣
**NASB, NKJV** **"muling nabuhay"**
**NRSV, TEV,**
**NJB** **"ay nabuhay"**

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK PANDIWARI na may isang di-naihayag na kinatawan. Ang NT ay kadasalang inuukol ang mga gawa ng katubusan sa lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos.

1. Diyos Ama ang bumuhay kay Hesus (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 6:4,9; 8:11; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1;taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10)
2. Diyos Anak bumuhay sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Diyos Espiritu ang bumuhay kay Hesus (cf. taga-Roma 8:11)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:16-19

**16Kaya nga mula ngayon ay hindi namin nakikilala ang sinoman ayon sa laman: bagamat nakilala namin si Kristo ayon sa laman, ngunit sa ngayo'y hindi na namin nakikilala *siya sa ganitong paraan*. 17Kaya't kung ang sinoman ay na kay Kristo, *siya* ay bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago. 18Ngayon, ang lahat ng mga bagay *na ito* ay pawang mula sa Diyos na pinakipagkasundo tayo sa kaniya rin sa pamamagitan ni Kristo, at ibinigay sa amin ang ministerio sa pagkakasundo; 19Sa makatuwid baga'y, na ang Diyos na kay Kristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniya rin, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo.**

**5:16 "Kaya nga mula ngayon"** Ang buhay at kamatayan ni Kristo ang nagpasinaya ng isang bagong panahon. Ang lahat ng bagay ay naiiba na liwanag Niya (cf. taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11).

▣
**NASB** **"hindi namin nakikilala ang sinoman ayon sa laman"**
**NKJV** **"hindi namin isinaalang-alang ang sinoman ayon sa laman"**
**NRSV** **"hindi namin itinatang ang isang mula sa isang pantaong pananaw"**
**TEV** **"hindi na kami humahatol"**
**NJB** **"hindi namin isasaalang-alang ang sinumon ayon sa pantaong pamantayan"**

Ito ay maaaring magpaliwanag ng I Samuel 16:7; Isaias 11:3; Juan 7:24; 8:15. Si Hesus ay binago ang bawat bahagi ng pagsusuri. Ang pantaong mga pamantayan, ngayon, ay isang di-sapat na paraan ng kahatulan (cf. taga-Roma 3:22; I taga-Corinto 12:13; taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11). Ang makilala si Kristo ay magpapabago sa atin (cf. v. 17).

Ito ay maaaring magpaliwang na ang ilan sa loob ng iglesiya sa Corinto tinangkang suriin si Pablo, ang kanyang ebanghelyo, at kanyang ministeryo (cf. mga kabanata 4, 11, at 12).

Ang hindi nito ibig-sabihin ay si Pablo ay isinasaalang-alang kawalang halaga ng pangkasaysayang si Hesus o kahit na pinag-iiba sa naluwalhating Kristo. Madalas banggitin ni Pablo ang panlupang buhay, katuruan, at mga gawaing pagkatubusan ni Kristo (i.e., krus, muling pagkabuhay). Si Pablo ay tumutukoy sa pantaong pagsusuri (i.e., pagkaalam ayon sa laman). Ang katubusan ay pinapahintulutan ang mga mananampalataya na makita ang lahat ng buhay at kasaysayan sa isang bagong liwanag na naka-sentro ka Kristo. Ang pantaong kasaysayan ay naging pangkaligtasang kasaysayan. Ang taong si Hesus ay naging ang Mesias, ang Siyang Ipinangako. Ang kanyang buhay at mga katuruan ay naging kinasihang Banal na Kasulatan. Ang kasaysayan Israel ay kailangang muling maipaliwanag sa Kanyang liwanag!

Para sa "laman" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

**5:17 "kung"** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI tulad ng nasa vv. 13 at 16.

**“kay Kristo”** Ito ay isang itinatanging mga talinghaga ni Pablo upang ilarawan ang Kristiyano. Ito ay nagpapahayag ng ating kalalagayan kay Kristo.

**NASB** **“bagong nilalang”**
**NKJV, NRSV,**
**NJB, NIV** **“bagong lalang”**
**TEV** **“bagong pagkatao”**

Si Pablo rin ay nagbigay ng katauhan sa nilikha sa taga-Roma 8:18-25. Kanyang ipinapakilala ang bagong nilikha ng Diyos, bagong panahon, panahon ng Espiritu sa II taga-Corinto 5:17 at taga-Galacia 6:15. Ang mga mananampalataya ay kailangang mamuhay tulad ng mga mamamayan ng bagong panahon (cf. taga-Roma 6:4).

## NATATANGING PAKSA: *KTISIS*

Ang terminong ito, *ktisis*, ay ginamit sa maraming kaunawaan sa NT. Ang lexicon nina Louw at Nida ay nagtala ng mga sumusunod na posibilidad.

1. paglalang (ang gawa ng paglalang, cf. Marcos 13:19; taga-Roma 1:20-22; taga-Efeso 3:9)
2. nilalang (na nilalang na may buhay, cf. Marcos 10:6; taga-Roma 1:25; 8:39; taga-Colosas 1:15;23)
3. sandaigdigan (lahat na nilikha, cf. Marcos 13:19; taga-Roma 8:20; Hebreo 9:11)
4. pagsisimula (cf. I Pedro 2:13, #42.39)
5. awtoridad (cf. I Pedro 2:13, #37.47)

Si Pablo rin ay nagbigay ng katauhan sa nilikha sa taga-Roma 8:18-25. Kanyang ipinapakilala ang bagong nilikha ng Diyos, bagong panahon, panahon ng Espiritu sa II taga-Corinto 5:17 at taga-Galacia 6:15. Ang mga mananampalataya ay kailangang mamuhay tulad ng mga mamamayan ng bagong panahon (cf. taga-Roma 6:4).

**“ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago”** Pansinin na may layuning pagpapalit ng MGA PANDIWANG PANAHUNAN.

a. “lumang mga bagay ay lumipas na” Ito ay AORIST PANAHUNAN sa MAY PAHIWATIG NA PANAGANO na kadasalan ay tumutukoy sa isang natapos na gawain sa nakalipas na panahon. Ito ay tumutukoy sa pagbabagong-buhay.
b. “bagong mga bagay ay dumating” Ito ay GANAP NA PANAHUNAN na tumutukoy sa isang nakalipas na natapos na gawain na may mga namamalaging bunga. Ito ay tumutukoy sa pagsasanay ng disipulo (discipleship).

Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan na nagpapakita ng “lahat na mga bagay” sa pangwakas na sugnay (i.e., MS D[2]). Ang ganitong uri ng pagpapalinaw na karagdag ay karaniwan para sa mga nahuling eskriba. Ang pinakamatandang Griyegong mga manuskrito (i.e., MSS P[46], א, B, C, D[*], F, G) ay nagtatapos sa *kaina*. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa ganitong pagbabasa ng isang “A” na antas (tiyak).

Ang konseptong ito ng “bago” ay bahagi ng OT na termino para sa *eschaton.* Ang mga propeta sa OT ay nagpapahayag ng ganitong bagong panahon.

1. “bagong mga bagay” (cf. Isaias 42:9; 43:19; Jeremias 31:22)
2. “bagong kasunduan” (cf. Jeremias 31:31-34)
3. “bagong puso, bagong espiritu” (Ezekiel 11:19; 18:31; 36:26)
4. “bagong pangalan” (cf. Isaias 62:2; 56:5; 65:15)
5. “bagong awit” (cf. Mga Awit 96:1; Isaias 42:10)
6. “bagong langit at bagong lupa” (cf. Isaias 65:17; 66:22)

Ang ganitong eskatolohikong pagpapanibago ay dumating kay Hesus, ngunit ang lumang ay patuloy na nandito. Ang bagong ay hindi pa ganap na nalubos. Ang pagsasanib ng pang-Hudyong “dalawang panahon” (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:20) sa pamamagitn ng dalawang pagdating ni Hesus ay hindi nakita ng mga propeta sa OT kahit na kanilang inilarawan ang Mesias sa mga termino ng mababang lingkod, gayundin sa mga terminong matagumpay na Hari.

**5:18 “Ngayon, ang lahat ng mga bagay *na ito* ay pawang mula sa Diyos”** Ito ay pag-ibig ng Diyos na nagpadala ng Anak sa mundo (cf. Juan 3:16). Ang kaligtasan ay lubusang mula sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:16-17, cf. Juan 6:44,65; taga-Efeso 1:4; 2:8-9), ngunit ang mga mananampalataya ay kailangang tumugon at magpatuloy na tumugon sa bagong kasunduan sa pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga.

**“pinakipagkasundo”** Ito ay isang pangunahing teolohikong katotohanan. Ang salitang ay nangangahulugang magpalit o magbago at sa gayon, tipunin silang ay nailayo. Ang mapanghimagsik na mga tao ay ipinanumbalik sa pagkikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ipinagpalit ng Diyos ang katuwiran ni Kristo (cf. v. 21) para sa kanilang kasalanan. Si Kristo ay namatay para sa ating kalalagayan (cf. vv. 14,21).

Ang kontekstong ito (i.e., vv. 16-21) at taga-Roma 5:10-11 ay ang nagbibigay kahulugan sa talata sa ganitong teolohikong termino. Ang mga makakasalanan, ngayon, ay mga kaibigan, maging pamilya, sa Isang Banal. Ang pagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan sa Pagkapahamak (cf. Genesis 3) ay ginawang lubusan kay Kristo.

Isang pagtalakay ng "pagkakasundo" bilang isang teolohikong konsepto ay na kay Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 102-104, 142.

▣ **"at ibinigay sa amin ang ministeryo sa pagkakasundo"** Sa teolohiya, ito ay kaagapay sa vv. 14-15. Si Hesus ay naging pagkakasundo ng mga mananampalataya, ngayon, sila ay kailangang magin daan sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng pagkakasundo sa iba. Ang mga mananampalataya ay kabahagi sa kamatayan ni Hesus at tayo ay kabahagi sa Kanyang ministeryo (cf. v. 19). Ang paglilingkod sa wangis ni Kristo ay ang layunin (cf. I Juan. 3:16). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

**5:19 "ang Diyos na kay Kristo"** Ito ay ang pangunahing isyu ng Kristiyanismo. Ang Diyos (i.e., ang Diyos, ang OT YHWH) ba, kay Hesus ng Nazareth, ipinagkasundo ang mundo sa Kanyang sarili (cf. taga-Galacia 1:3-4)? Kung siya nga, Kristiyanismo ay totoo; kung hindi, ito ay bulaan. Si Hesus ba ang tunay na kapuspusan ng Diyos (cf. Juan 1:1-14; taga-Colosas 1:15-16; taga-Filipos 2:6-11; Hebreo 1:2-3)? Siya ba ang tunay na tanging daan sa pagkakasundo at pagpapatawad (cf. Juan 14:6)? Kung siya nga, ngayon, ang ebanghelyo ay ang pinakamahalagang impormasyon na dapat marining ng mga tao! Kailangan nating sabihin ang katotohanan; kailangan nating ipangaral ang ebanghelyo; kailangan nating itaas si Kristo; kailangan nating ialok ang isang walang-bayad na kaligtasan sa isang napahamak na mundo.

▣ **"ang sanglibutan"** Iniibig ng Diyos ang mundo (cf. Juan 3:16). Ang mundo ay maaaring maligtas (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Kosmos* sa I taga-Corinto 3:21b-22.

▣ **"na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan"** Ito ay maaaring magpakilala ng Mga Awit 32:2, na sinipi sa taga-Roma 4:6-8. Bago pa ang kautusan, ang kasalanan ay hindi ibinibilang sa mga indibidwal (cf. taga-Roma 4:15; 5:13-14; Mga Gawa 17:30). Ngunit ang tekstong ito ay mayroong kahit na dakilang katotohanan. Sa ginta ng kilalang paghihimagsik ng tao, mayroon kapatawaran kay Kristo. Ang dugo ni Hesus ang naglilinis mula sa lahat kasalanan! Ang kasalanan ay hindi na hadlang sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, ngunit ngayon ito ay

1. kawalan ng pamamanpalataya
2. patanggi sa pananampalataya kay Kristo
3. di-pagpayag na tumugon sa alok ng Diyos

▣ **"hindi ibinibilang"** Ito ay ang terminong *logizomai*, na ginamit ng tatlumpu't-apat na beses ni Pablo, ngunit sa dalawang lubusang magkakaibang mga kaunawaan. Ang una ay maaaring makita sa 3:5, "isaalang-alang." Tingnan ang buong tala dito.

Ang ikalawa ay "ibinibilang" o "iparatang." Ang kaunawaang ito ay maliwanag na makikita sa taga-Roma 4:3,4,5,6,8,9, 10,11,22,23,24, at taga-Galacia 3:6. Ang teolohikong paggamit nito ay nagpapahiwatig ng paglagak na isang bagay sa likom sa bangko ng sinuman.

Ibinibilang ng Diyos ang katuwiran ni Hesus sa ating lagak (cf. v. 21). Gayundi, ang Diyos ay hindi ibinibilang o ipinaparatang ang kasalanan sa ating pananagutan. Anong isang kamangha-manghang Diyos! Anong isang mabisang Tagapagligtas!

▣ **"ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo"** Ang isang naligaw na sanlibutan ay wala sa paanan ng pinto ng isang walang kapangyarihan, walang pag-ibig na Diyos, ngunit nasa paanang ng pinto ng isang walang malasakit, walang pag-aalalang iglesiya. Tayo ay may mensahe; we ay may mga susi ng Kaharian (cf. Mateo 16:19; Pahayag 1:18; 3:7). Tayo ay may pananahan ng Banal na Espiritu (cf. taga-Roma 8:9,11; I taga-Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14). Tayo ay may nagpapatuloy na mga utos ni Hesus (cf. Mateo 28:18-20). Ano ang ginagawa natin?

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:20-21

**[20]Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Kristo, na waring namamanhik ang Diyos sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Kristo, na kayo'y makipagkasundo sa Diyos. [21]Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniypinagmulang*ring maysala* para sa ating kapakanan: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Diyos.**

**5:20 "Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Kristo"** Sino ang pinapatungkulan ng "kami" at "kayo" sa talatang ito? Si Pablo ay nagsasalita sa iglesiya? Kung gayon, ang "kayo" ay si Pablo at kanyang pangmisyong pangkat at ang "kayo," mga mananampalataya sa Corinto. Ang mga taong ito, ay hindi kailang maligtas, ngunit kailangan nilang maibalik sa pagkakaisa.

Pansinin na hindi sinasabi ni Pablo na ang mga mananampalataya ay dapat maging sugo, ngunit sila <u>ay</u> mga sugo na. Ito ay katulad sa mga pahayag ni Hesus sa Mateo 5:13-16. Ang mga mananampalataya ay asin at liwanag. Ang katanungan ay anong uri ng asin at liwanag. Ito ay ang katanungan dito. Ang mga mananampalataya ay mga kinatawan ni Kristo, ngunit anong uri ng mga sugo sila: nagpapangkat-pangkat, may hidwang pananampalataya, hindi umiibig, atbp.?

▣ **"pinamamanhikan"** Tingnan ang buong tala sa 1:4-11.

▣ **"makipagkasundo sa Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS. Ito ba ay isang utos sa mga napahamak na tao o sa naligtas na mga tao? Ang mas malaking konteksto ay nag-uutos ng isang nararapat na pamumuhay sa bahagi ng mga mananampalataya. Iniligtas tayo ni Hesus mula sa kasalanan at paglalaban; tayo ay iniligtas upang maglingkod! Tayo ay tinawag sa ministeryo na nasa wangis ni Kristo, hindi sa pansariling mga adyenda.

Ang kontekstong ito may isang mensahe sa isang nalubmok, nangangailangang mundo—si Kristo ay namatay para sa iyo (pangkalagayang katuwiran). Ang kontekstong ito may isang mensahe para sa isang nagpapangkat-pangkat, hindi umiibig na iglesiya—si Kristo ay namatay para sa iyo (lumalagong katuwiran).

Ang BALINTIYAK NA TINIG ay maaaring isalin na "hayaang ang Diyos ang makipagkasundo sa'yo sa Kanyang sarili"; (cf. *The Jerome Biblical Commentary*, p. 281); o "hayaan ang Diyos na baguhin ka mula sa pagiging kaaway sa pagiging kaibigan" (cf. TEV). Ang mga mananampalataya ang nagpapahayag ng katotohanan, ang Espiritu ang humahatol sa mga naligaw, ang Anak ang nagkakaloob ng paraan, at ang Ama tumutupad ng Kanyang kalooban sa pamamagitan ng pangkasunduang pagtugon.

**5:21** Ang tekstong ito ay mayroong maraming dakilang mga katotohanan.

1. Sinugo ng Diyos Hesus upang mamatay para sa atin (cf. Juan 3:16). Si Hesus ay dumating upang mamatay para sa atin (cf. Marcos 10:45).
2. Hindi nalalaman ni Hesus ang kasalanan (cf. Juan 8:46; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
3. Ang layunin ay pansariling katuwiran, paglilingkod na katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; II taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Gayunman, mayroong isang tala ng kawalang katiyakan (PASAKALI PANAGANO). Ang lahat ng mga mananampalataya ay hindi lubusang nalalaman ang ganap na layunin ng Diyos sa kaligtasan. Ito ay isang panawagan sa paglilingkod, isang panawagan sa pagtanggi sa sarilli, isang panawagan sa kabanalan. Ang kristiyanismo ay nagsisimula lamang kapag ang isa ay nagtiwala kay Kristo. Ang pananampalataya ang tanging unang hakbang sa isang mahabang paglalakbay.

▣
**NASB** **"inaring maysala para sa ating kapakanan"**
**NKJV** **"*maging* kasalanan para sa atin"**
**NRSV** **"maging kasalanan"**
**TEV** **"makibahagi sa ating kasalanan"**
**NJB** **"isang nagtagumpay para sa kasalanan"**

Paano ginawa ng Diyos si Hesus na kasalanan? Ito ay maaaring isang OT pagkabanggit sa isang haing pagkasalanan (cf. Isaias 53; taga-Roma 8:3). Inialay ng Diyos si Hesus bilang isang walang-kasalang tupa (cf. Juan 1:29,36).

Para sa akin, ang mga salita ni Hesus mula sa krus, "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo Ako pinabayaan" (cf. Marcos 15:34), na isang sipi mula saMga Awit 22, ay nagpapakilala ng espirituwal na katotohanan ng Ama na tumalikod mula sa Anak (i.e., sinasagisag ng kadiliman, cf. Marcos 15:33), gaya ng Kanyang pagpasan ng kasalanan ng mundo. Sa teolohiya, ito ay kaagapay sa taga-Galacia 3:13, "na nagiging isang sumpa para sa atin"!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang kabanata bang ito ay nagtuturo ng walang katawang yugto sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay?
2. Ipinapahiwatig ba ng v. 10 na ang mga mananampalataya ay hahatol din? Kung totoo, para saan?
3. Itala ang dalawang layunin ni Pablo sa pag-e-ebanghelyo (vv. 11,14).
4. Ipaliwanag kung bakit ang mga talatang 14-15 ay napakahalaga para sa isang wastong kaunawaan ng Kristiyanong buhay.

# II MGA TAGA-CORINTO 6:1-7:1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Ministeryo ng Pagkakasundo | Mga Tanda ng Ministeryo | Karagdagang Pagtatanggol sa Kanyang Ministeryo of Pagkakasundo | Pakikipagkaibigan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo | Ang Pagkilos ng Apostol |
| (5:11-6:13) | | (5:11-6:13) | (5:11-6:13) | (5:11-6:10) |
| 5:11-6:10 | | | | |
| | 6:1-10 | | | |
| | Be Banal na | | 6:3-10 | Isang Babala |
| 6:11-13 | 6:11-7:1 | 6:11-13 | 6:11-13 | 6:11-13 |
| Ang Templo ng Buhay na Diyos | | Isang Panaklong sa mga Kaugnayan sa mga Di-Mananampalataya | Babala laban sa mga Impluwensya ng Pagano | |
| 6:14-7:1 | | 6:14-7:1 | 6:14-7:1 | 6:14-7:1 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang talatang 1 ng kabanatang ito ay ang pinakabuod sa pagpapaliwanag ng buong kabanata. Ang konteksto ay kinapapaloob ng mga mananampalataya ng iglesiya sa Corinto at, samakatuwid, ay hindi kinpapalooban ng pagtalikod sa pananampalataya (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 6:9), ngunit pagkabigong ipamuhay ang Kristiyanong buhay nang mabisa.

B. Simula sa talata 4 mayroong isang kalipunan ng mga pang-ukol.
   1. *en* na may DATIBO, labing-walang beses, vv. 4-7
   2. *dia* na may DYENITIBO, tatlong beses, vv. 7-8
   3. *hōs* na may PANGKASALUKUYANG NA MGA KATAGA, pitong beses, vv. 9-10

   Ang mga ito ay tila kinapapalooban ng isang paglalarawan ng ministeryo ni Pablo tulad ng mga suliranin at ang mga pagpapahirap, kapwa panloob at panlabas, gayundin sa katumbas na biyaya ng Diyos.

C. Ang mga pangwakas na kabalintunaan ng vv. 8-10 ay tila upang ilarawan ang buhay ni Pablo, kapwa mula sa pananaw ng mga kritiko at mula sa pananaw ng Diyos.

D. Ang bahaging 6:14-7:1 ay tila nasa labas ng konteksto. Ang talatang 7:2 ay kinuha ang termino at pagtalakay ng 6:13. Ang bahaging ito ay lubang panghudyo sa kalikasan. Ito ay isang babala laban sa pagpapakilala sa sarili na lubhang malapit sa paganong kultura. Ang mga babala ay mula sa isang OT na kalalagayan (i.e., mga Hudyo laban sa mga Hentil o bayan ng Diyos laban sa mga sumasamba sa diyus-diyosan). Gayunman, ginagami ito ni Pablo sa isang katulad na paraan sa I taga-Corinto 10:14-33, kung saan kanyang tinatalakay ang Kristiyanong pakikilahok sa paganong pagsamba.

Ang talatang ito na tila tinanggal ay nagdulot ng mga teoriya sa II taga-Corinto bilang isang pinaghalong sulat mula sa maraming mga sulat na ipinadala ni Pablo sa Corinto.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-10

**[1]At yamang kalakip gumagawang *kasama Niya* ay ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos na walang kabuluhan. [2](Sapagkat sinasabi niya, SA PANAHONG UKOL KITA'Y PINAKINGGAN, AT SA ARAW NG PAGLILIGTAS KITA'Y SINAKLOLOHAN: Narito, ngayon ANG PANAHONG UKOL; NARITO, NGAYON ANG ARAW NG KALIGTASAN): [3]Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang ang aming ministerio ay huwag mapulaan; [4]Datapuwat sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Diyos, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis, [5]Sa mga latay, sa mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat, sa mga pagaayuno; [6]Sa kalinisan, sa kaalaman, sa pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Banal na Espiritu, sa pag-ibig na hindi pakunwari, [7]Sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Diyos; sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa, [8]Sa pamamagitan ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat; *itinuturing na* gaya ng mga magdaraya gayon ma'y mga mapagtapat; [9]Waring hindi mga kilala, gayon ma'y mga kilalang mabuti; tulad sa nangaghihingalo, at narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay; [10]Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y laging nangagagalak; tulad sa mga dukha, gayon ma'y nangagpapayaman sa marami; gaya ng walang anomang pag-aari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay.**

**6:1 "yamang kalakip gumagawang *kasama Niya*"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Mayroong hindi naihayag na PAKSA, ngunit ang konteksto ay nagpapahiwatig ng "kasama ang Diyos" (cf. 5:20; I taga-Corinto 3:9). Si Pablo ay gumagamit ng katulad na termino upang ilarawan ang kanyang mga kamanggagawa sa ebanghelyo (cf. 1:24; 8:23; I taga-Corinto 16:16; taga-Roma 16:3,9,21), ngunit dito, ang konteksto ay malakas na nagpapahiwatig ng Diyos. Anong isang kamangha-manghang kaisipan ng mga mananampalataya ay mga kamanggagawa para sa Diyos (cf. I taga-Corinto 3:5-9).

**"ipinamamanhik din namin sa inyo"** Si Pablo ay gumagamit ng katulad na PANDIWA sa 5:20. Tingnan ang buong tala sa 1:4-11.

**"huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos na walang kabuluhan"** Ang PAWATAS ay AORIST, na tumutukoy sa mga taga-Corintong mananampalataya na tumanggap kay Kristo. Ngunit ang "na walang kabuluhan" ay tumutukoy sa layunin ng kaligtasan, na pagiging mabunga para sa Kaharian, hindi lamang sa pansariling kaligtasan. Kadalasang ginagamit ni Pablo ang terminong ito upang ipahayag ang ganitong iniasahang pang-Kahariang paglilingkod (cf. I taga-Corinto 15:10,14,58; taga-Galacia 2:2; taga-Filipos 2:16; II taga-Thesalonica 2:1; 3:5). Ang konseptong ito ay kaagapay sa paggamit ni Pablo ng "paglakad" sa taga-Efeso (cf. 4:1,17; 5:2,15).

**6:2 "sinasabi niya"** Si Pablo ay sumisipi ng isang OT talata na kaugnay sa Israel, ngunit sa paggamit nitong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (i.e., sinasabi), kanyang ipinapakita na ang pangako ay sa lahat ng panahon at lahat ng mga tao. Si Pablo ay gumagamit ng siping ito bilang isang tuwirang pagsamo mula sa Diyos sa iglesiya sa Corinto. Banal na Kasulatan ay pangkasalukuyan at nauukol!

**"'SA PANAHONG UKOL'"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 49:8 (i.e., isang tula/awit ng lingkod), na tumutukoy sa pagtanggap at pagpapalakas ng (1) Mesias at (2) isang pang-Mesias na komunidad. Mayroong kadasalang isang pag-iigting sa Isaias 40-53 sa pagitan ng pangkalahatan (i.e., pambansang Israel) at ang ulirang Hari ng Israel (i.e., Mesias).

**"'ANG PANAHONG UKOL... ANG PANAHONG UKOL'"** Ang una ay isang sipi mula sa ang Septuagint ng Isaias 49:8, na gumagamit ng *dektos*, ngunit Si Pablo ay gumagamit ng isang mas pinatinding anyo (i.e., *eurosdektos*, cf. taga-Roma 15:16) nang kanyang ginamit ito sa propesiya sa kalagayan ng taga-Corinto (cf. 2b). Ang Mesias ay dumating at ngayon, ang paanyaya na lubusang pagtanggap ng Diyos ay dumating sa kanila. Kailangan nilang sakupin ang pagkakataon. Sila ang eskatolohikong komunidad ng Mesias.

Ang araw ng kaligtasan ng isa ay isang kamangha-mangha, kagila-gilalas na pangyayari, ngunit ito ay kadasalang sinasamahan ng pag-uusig at mga paghihirap (cf. 6:4-10).

▣
**NASB, NKJV "narito"**
**NRSV "tingnan"**
**TEV "Makinig"**
**NJB "mabuti"**

Ito ay ang Griyegong KATAGA *idou*, na ginamit upang tumawag ng pansin sa isang katotohanang pahayag. Madalas na gamitin ito ni Pablo sa II taga-Corinto (cf. 5:17; 6:2,9; 7:11; 12:14).

▣ **"nagayon ang 'ANG ARAW NG KALIGTASAN'"** Ang huling pangungusap na ito sa v. 2 ay pagpuna ni Pablo sa sipi mula sa Isaias. Ito ay tumutukoy sa kapwa paanyaya sa isang indibidwal na tumugon sa ebanghelyo, gayundin sa buhay ng paglilingkod sa pang-Mesias na kaharian.

**6:3 "Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman"** Ito ay isang malakas na TAMBALANG SALUNGAT sa Griyego. Si Pablo ay nagpasiya, kapwa sa kanyang pansariling buhay at ministeryo, na hindi ilagay ng anumang mga harang sa pagitan ng ang kanyang sarili at mga tagapakinig ng ebanghelyo (cf. I taga-Corinto 9:19-23). Ginagamit niya ang kanyang buhay upang maisakatuparan ang dalawang mga bagay: (1) pagbibigay sa kanila ng isang huwaran na susundan sa kanilang ministeryo at (2) paghadlang sa mga paratang ng mga bulaang guro (cf. 11:12).

Ang tanging "katitisurang bato" ay Kristo mismo (cf. I taga-Corinto 1:18-25). Ang ebanghelyo ay itinanggi ng
1. mga Hudyo dahil sa isang nagdurusang Mesias
2. ang mga Hentil dahil sa isang katawang muling pagkabuhay
3. mga bulaang guro ng taga-Corinto dahil sa kakulangan ni Pablo sa retorikong pagpapakilala

Dahil sa pagbubulag ni Satanas (cf. 4:4) at ang pag-iigting ng mensahe ng ebanghelyo mismo, hindi ninais ni Pablo na gumawa ng anuman na magdudulot sa mga tao na itanggi ang kanyang pangangaral (cf. I taga-Corinto 9:19-23,24-27).

▣
**NASB "upang ang aming ministeryo ay huwag mapulaan"**
**NKJV "na ang ating ministeryo ay hindi masisi"**
**NRSV "upang walang kasalanan ang maaaring matagpuan sa ating ministeryo"**
**TEV "Hindi natin nais sa sinuman na makahanap ng kasiraan sa ating gawain"**
**NJB "upang walang pagpulo ang maaaring maiugnay sa ating gawa ng paglilingkod"**

Ang terminong "atin" (cf. NKJV, NRSV, TEV, NJB) ay wala sa Griyegong teksto, na may TIYAK NA PANTUKOY lamang "ang ministeryo." Ang talatang ito ay kaugnay sa teolohiya sa I Timoteo 3:2-10, na nagpapahayag na ang mga ministro ay walang pagtangan para sa mga kritisismo. Ang mga mananampalataya ay namumuhay at naglilingkod para sa ikakasulong ng pang-Mesias na Kaharian, hindi sa pansariling pagpapalakas o pansariling mga adyenda (cf. I taga-Corinto 9:12). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

**6:4-7** Ito ay isang kalipunan ng mga terminong ipinapakilala ng Griyegong PANG-UKOL *en*. Ito ay inulit ng labing-walong beses para sa pagbibigay-diin. Mayroong maraming tala sa mga sulat ni Pablo sa mga suliranin na kanyang kinakaharap (cf. I taga-Corinto 4:9-13; II taga-Corinto 7:5; 11:23-29). Kanyang binanggit sa kanila na palakasin ang mga matatapat at pahinain ang mga pag-aangkin ng mga bulaang guro. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Masamang Hilig at Mga Kagalingan sa NT sa I taga-Corinto 5:9.

**MGA GRIYEGONG PARIRALA NA MAY *EN***

| | NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|---|
| v. 4, *hupomonē* | maraming pagtitiis | maraming pagtitiyaga | dakilang pagtitiyaga | matiyagang pagtitiis | matatag na pagtitiyaga |
| v. 4, *thliphis* | mga pagpapahirap | mga pag-uusig | mga pagpapahirap | mga kaguluhan | mga kahirapan |
| v. 4, *anagkē* | mga kahirapan | mga pangangailangan | mga kahirapan | mga kahirapan | mga kabigatan |
| v. 4, *stenochōria* | mga pagkabalisa | mga pagkabalisa | mga sakuna | mga kabigatan | pagkabalisa |
| v. 5, *plēgē* | mga pagpalo | mga hagupit | pagpalo | napalo | nabugbog |
| v. 5, *phulakē* | mga pagkabilanggo | mga pagkabilanggo | mga pagkabilanggo | nakulong | pinadala sa kulungan |
| v. 5, *akatastasia* | mga pagkakagulo | mga pagkakagulo | mga kaguluhan | nagkakagulong tao | nagkakagulong tao |
| v. 5, *kopos* | mga pagpapagal | mga pagpapagal | mga pagpapagal | mapuspos | pagkakapagod |
| v. 5, *agrupnia* | kawalang tulog | kawalang tulog | mga gabing | walang tulog | kawalan ng tulog |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | walang tulog | | |
| v. 5, *nēsteia* | gutom | mga paaayuno | gutom | walang pagkain | maghirap sa pagkagutom |
| v. 6, *hagnotēs* | kadalisayan | kadalisayan | kadalisayan | kadalisayan | kadalisayan |
| v. 6, *gnōsis* | kaalaman | kaalaman | kaalaman | kaalaman | kaalaman |
| v. 6, *makrothumia* | pagtitiyaga | pagtitiis | pagtitiyaga | pagtitiyaga | pagtitiyaga |
| v. 6, *chrēstotēs* | kagandahang-loob | kagandahang-loob | kagandahang-loob | kagandahang-loob | kagandahang-loob |
| v. 6, *pneumati hagiō* | Banal na Espiritu | Banal na Espiritu | kabanalan of espiritu | Banal na Espiritu | Banal na Espiritu |
| v. 6, *agatiē anuplkritō* | tunay na pag-ibig | tapat na pag-ibig | tunay na pag-ibig | totoong pag-ibig | pag-ibig na walang pagkukunwari |
| v. 7, *logō aletheias* | ang salita ng katotohanan | ang salita ng katotohanan | matapat na pagsasalita | mensahe ng katotohanan | ang salita ng katotohanan |
| v. 7, *dunamei theou* | ang kapangyarihan ng Diyos | ang kapangyarihan ng Diyos | ang kapangyarihan ng Diyos | ang kapangyarihan ng Diyos | ang kapangyarihan ng Diyos |

**6:4 "Datapuwa't sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Diyos"** Ito ay ang isyu. Ito ay ang sangunian ng pariralang "ng walang kabuluhan" ng v. 1. Ipinapahayag ni Pablo ang pagkauna ng pangKahariang paglilingkod. Ang lahat ng mga mananampalataya ay pinagkalooban (cf. I taga-Corinto 12:7,11) mga ministro (cf. taga-Efeso 4:12). Ang ebanghelyo may kapwa isang indibidwal na pagtuon (i.e., pansariling kaligtasan) at isang pangkalahatang pagtuon (i.e., pang-ebanghelyong pagpapahayag at pang-ebanghelyong paglilingkod, cf. I taga-Corinto 12:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

**6:6 "sa kalinisan"** Ito ay tumutukoy sa alinman sa (1) ang salitang ugat na kahulugan ng terminong ito, pagkakaisa ng layunin o (2) pangmoral, etikal na pamumuhay ni Pablo.

**"sa pagpapahinuhod"** Ang terminong ito ay kadasalang ginagamit upang tumutukoy sa pagtitiyaga sa mga tao, gayunman, ito rin ay ginamit sa NT upang tumutukoy sa katangian ng Diyos (cf. taga-Roma 2:4; 9:22; II Pedro 3:9,15).

**"sa kagandahang-loob"** Ang terminong ito ay kadasalang naisasalin na "isang katamisan ng espiritu." Ito ay pag-uugali na ang isa ay mamarapating magsaktan kaysa makasakit ng iba, mamarapating maramdaman ang malugod na tanggagap ang iba maramdaman ang pagtanggap ng kanilang mga sarili.

**"sa Banal na Espiritu"** Ang New English Bible ay isinalin ito bilang "mga kaloob ng Banal na Espiritu." Ang *Jerome Biblical Commentary* ay may "sa isang banal espiritu" (p. 282). Ang kadahilanan na kanilang binago ang salin ay dahil sa di-karaniwan kay Pablo na banggitin ang tao ng Banal na Espiritu sa gitna ng isang kalipunan ng mga naglalarawang salita. Sumasang-ayon ako na ito ay tumutukoy sa pansariling espiritu ng kabanalan ni Pablo na ibinubunga ng Banal na Espiritu, gayunman, ang isa ay hindi dapat maging dogmatiko dito dahil sa taga-Roma 9:1; 14:17; 15:16; I taga-Corinto 12:3; I taga-Thesalonica 1:5.

**"sa pagibig na hindi pakunwari"** Ang katulad na parirala ay ginamit sa taga-Roma 12:9. Si Pablo ay gumagamit ng katulad na PANG-URI upang ilarawan ang pananampalataya sa I Timoteo 1:5 at II Timoteo 1:5. Gumagamit si Pablo ng katulad na PANG-URI na may KASINGKAHULUGAN ng *agapē*, *philadelphia* sa I Pedro 1:22.

**6:7 "sa salita ng katotohanan"** Ito ay kailangang naunawaan na ang Hebraikong kaligiran sa terminong ito ay hindi sa "katotohanan laban sa kamalian," ngunit "katapatan at mapagkakatiwalaan," gaya ng sa interpersonal mga ugnayan (cf. I Juan 8:32; 14:6). Tingnan ang Natatanging Paksa: "Katotohanan" sa mga Sulat ni Pablo sa II taga-Corinto 13:8.

**Mga Griyegong Parirala na Pinapakilala ng *dia***

| | NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB | NIV |
|---|---|---|---|---|---|---|
| v. 7, *hoplōntēs dikaiosunēs* | mga sandala ng katuwiran | baluti ng katuwiran | mga sandala ng katuwiran | katuwiran bilang ating sandata | mga sandala ng katapatan | mga sandala ng katuwiran |
| v. 8, *dozēs kai atimias* | kaluwalhatian at kasiraang-puri | karangalan at kasiraang-puri | karangalan at kasiraang-puri | pinarangalan at siniraang-puri | mga panahon ng karangalan at kahihiyan | kaluwalhatian at kasiraang-puri |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| v. 8, *dusphēmias kai euphēmias* | masamang ulat at mabuting ulat | masamang ulat at mabuting ulat | hinamak at pinapurihan | masamang pangalan at mabuting pangalan | sinisi at pinapurihan | masamang ulat at mabuting ulat |

**"mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa"** Ito ay tumutukoy sa mga pagtutustos ng Diyos para sa ating maka-lupang espirituwal na pakikipaglaban (cf. 2:11; taga-Roma 6:13; taga-Efeso 2:2; 4:14,27; 6:10-18; I Pedro 5:8). Ito ay maaaring na ang kanan kamay ay tumutukoy sa mga sandalang pangsalakay at ang kaliwang kamay ay tumutukoy sa mga mga sandatang pangsangga. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I taga-Corinto 1:30.

**6:8 "kasiraang puri"** Ang terminong ito ay ginamit para sa isang naninirahan na nawalan ng mga karapatan ng pagkamamamayan.

**Mga Griyegong Parirala na Pinapakilala ng *hōs***

| | NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|---|
| v. 8, *planoi kai alētheis* | bilang mga mandaraya at gayunman totoo | bilang mga mandaraya ngunit totoo | bilang mga nagpapanggap ngunit totoo | bilang mga sinungalin ngunit nagsasalita ng katotohanan | kinuha mula sa mga nagpapang-gap ngunit tunay |
| v. 9, agnooumenoi *kai epigninōskomenoi* | bilang di-kilala ngunit kilalang-kilala | bilang di-kilala ngunit kilalang-kilala | bilang di-kilala ngunit kilalang-kilala | bilang di-kilala ngunit kilala ng lahat | bilang di-kilala ngunit tinatanggap |
| v. 9, *apothnōskontes kai idou zōmen* | bilang mamana-tay, gayunman, ngayon, tayo ay nabubuhay | bilang mamamatay gayunman, tayo ay nabubuhay | bilang mamamatay ngunit tayo ay nabubuhay | bilang patay ngunit tayo ay nabubuhay | mamamatay gayunman tayo ay buhay |
| v. 9, *paideuomenoi kai mē thanatoumenoi* | bilang pinarusahan ngunit hindi inilagay sa kamatayan | bilang pinaparusahan ngunit hindi pinatay | bilang pinaparusahan ngunit hindi pinatay | bagaman pinarusahan tayo ay hindi pinatay | binugbog ngunit hindi binitay |
| v. 10, *lupoumenoi aei de chairontes* | bilang namimig-hati gayunman palaging nagagalak | bilang namimig-hati gayunman palaging nagagalak | bilang namimig-hati gayunman palaging nagagalak | bagaman malungkot tayo ay palanging malulugod | sa sakit, ngunit palaging puno ng kagalakan |
| v. 10, *ptōchoi pollous de ploutizontes* | bilang mahirap gayunman ginagawang mayaman ang marami | bilang mahirap gayunman ginagawang mayaman ang marami | bilang mahirap gayunman ginagawang mayaman ang marami | tayo ay tila mahirap ngunit ginagawang mayaman ang maraming tao | mahirap gayunman ginagawang mayaman ang maraming tao |
| v. 10, *mēden echontes kai panta katechontes* | bilang wala gayunman natataglay ng lahat mga bagay | bilang wala at gayunman nagmamay-ari ng lahat mga bagay | bilang wala gayunman nagmamay-ari ng lahat ng bagay | tayo ay tila wala gayunman sa katotohanan nagmamay-ari ng lahat ng bagay | tayo ay wala at gayunman nagmamay-ari ng lahat ng bagay |

**6:8-9 "at gayunman. . .gaya ng"** Ang Griyegong teksto ay may *kai*, na kadalasang nangangahulugang "at," ngunit sa ilang mga teksto ito ay nangangahulugang "at gayunman" (cf. Juan 20:29). Tandaang konteksto ay nagpapasiya ng kahulugan, hindi isang lexicon.

**6:10 "nangalulungkot, gayon ma'y laging nangagagalak"** (cf. taga-Roma 5:3-5; taga-Filipos 2:17-18; 3:1; 4:4; I taga-Thesalonica 5:16)

**"gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay"** Ang kalipunang ito ng mga kabalintunaan ay tila na may kaibahan ang pananaw ng mundo at pananaw ng Diyos. Ang mga mananampalataya ay tagapagmana ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 8:17,32; I taga-Corinto 3:21).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:11-13

**[11]Ang aming bibig ay bukas para sa inyo, Oh mga taga Corinto, ang aming puso ay lumalaki. [12]Hindi kayo nangakasisikip sa amin, kundi nangasisikipan kayo sa inyong sariling pag-ibig. [13]Kaya nga bilang ganti sa gayong bagay (nangungusap akong gaya sa aking mga anak), ay mangagsilaki naman kayo.**

**6:11** Ang dalawang MGA PANDIWA ay kapwa GANAP NA PANAHUNAN. Ibinahagi ni Pablo ang buo, ganap na ebanghelyong katotohanan at ang mga kahihinatnan nito kasama ang mga taga-Corintong mananampalataya sa lubos na pagkakabukas at katapatan.

▣ **"Oh mga taga Corinto"** Ito ay isang sa tanging tatlong mga lugar sa mga sulat ni Pablo na kanyang personal na ipinahayag ang tanging iglesiya na kanyang sinusulatan (cf. taga-Galacia 3:1; taga-Filipos 4:15). Ang lahat ng mga talatang ito ay nagpapakita ng katindihan ng puso ng Apostol.

**6:12**
**NASB** **"Hindi kayo nangakasisikip sa amin"**
**NKJV** **"Hindi kayo nangakahihigpit sa amin"**
**NRSV** **"Walang paghihigpit"**
**TEV** **"Hindi sa sinara namin ang aming mga puso sa inyo"**
**NJB** **"Anumang pagkabalis na iyong nararamdaman ay hindi sa ating panig"**

Ang PANGNGALANG anyo ng PANDIWANG ito ay ginamit sa 6:4 at 12:10 (cf. taga-Roma 2:9; 8:35). Ito sa literal ay tumutukoy sa isang bagay o sinuman na magkakasamang nasisiksikan sa isang makipot na lugar, sa gayon ay naging mahigpit. Ito ay ginamit patalinghaga para sa "makipot," "mahigpit," o "mahapis" (cf. 4:8; 6:12).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"sariling pag-ibig"**
**TEV** **"malapit sa inyong mga puso"**
**NJB** **"pagkabahala"**

Ito ay isang OT talinghaga mula sa "kaibuturan." Ang mga sinauna ay iniisip na ang lamang-loob o ang pangunahing mga bahagi (i.e., puso, atay, baga) ay ang luklukan ng mga damdamin (emosyon) (cf. Septuagint na Kawikaan 12:10; 26:22; Jeremias 28:13,51; II Maccabeo 9:5-6; IV Maccabeo 10:8; Baruch 2:17). Si Pablo ay madalas gumagamit ng ganitong talinghaga (cf. II taga-Corinto 6:12; 7:15; taga-Filipos 1:8; 2:1; taga-Colosas 3:12; Filemon vv. 7,12,20).

**6:13**
**NASB** **"Kaya nga bilang ganti sa gayong bagay"**
**NKJV** **"Ngayo, sa pagpapalik ang katulad na bagay"**
**NRSV** **"sa pagbalik"**
**NJB** **"sa mainam na pagpalit"**

Sa pariralang ito, ang pangunahing salita ay *antimisthia*, na ang terminong *misthos* (i.e., kabayaran batay sa kung ano ang karapatdapat sa isang tao, cf. I taga-Corinto 3:8,14; 9:17-18; I Timoteo 5:18) na dinagdagan ng PANG-UKOL *anti*. Ang anyong ito ay matatagpuan lamang dito at sa taga-Roma 1:27.

Ang terminong ito ay maaaring ginamit sa isang paayon o pasalungat na kaunawaan; ang konteksto ang magtatakda. Sa taga-Roma 1:27; ito ay pasalungat, ngunit dito ito ay tila ginagamit nang paano sa kaunawaan ng taga-Galacia 4:12.

▣ **"sa aking mga anak"** Si Pablo, tulad ni Juan, ay nagpapahayag sa kanyang naakay bilang mga anak (cf. I taga-Corinto 4:14,17; taga-Galacia 4:19; I Timoteo 1:2,18; II Timoteo 1:2; 2:1; Tito 1:4; Filemon v. 10).

▣ **"mangagsilaki naman kayo"** Habang si Pablo ay pinapaabot ang kanyang puso upang isama sila, tulad ng mga nagpapangkat-pangkat at palatutol na gayan nila, kanyang masigasig na ninanais na sila ay tumugon. Ito ay AORIST BALINTIYAK PAUTOS. Pansinin na ang BALINTIYAK na kaisipan na hindi nila ito magagawa sa kanilang mga sarili, ngunit kailangan nilang hayaan ang Diyos na gawin ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:14-18

**[14]Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagkat anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman? [15]At anong pakikipagkasundo mayroon si Kristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya? [16]At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Diyos sa mga diosdiosan? sapagkat tayo'y templo ng Diyos na buhay; gaya ng sabi ng Diyos, MANANAHAN AKO SA KANILA, AT LALAKAD AKO SA KANILA; AT AKO'Y MAGIGING KANILANG DIYOS, AT SILA'Y MAGIGING AKING BAYAN. [17]Kaya nga, MAGSIALIS KAYO SA KANILA, AT MAGSIHIWALAY KAYO, sabi ng Panginoon, AT HUWAG KAYONG MAGSIHIPO NG MGA BAGAY NA MARUMI, At kayo'y aking tatanggapin, [18]At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.**

**6:14**

**NASB** **"Huwag kayong makibigkis na magkakasama sa mga di nagsisisampalataya"**
**NKJV** **"Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya"**
**NRSV** **"Huwag kayong makikipareha sa di mananampalataya"**
**TEV** **"Huwag niyong subukang makigawang magkakasama bilang magkatumbas na kasaman ang di mananampalataya"**
**NJB** **"Huwag kayong makigawa sa isang magkatumbas na pangkat ng mga di-mananampalataya"**

Kadalasang ginagamit ni Pablo ang OT pang-agrikultural mga sipi upang ilarawan ang mga Kristiyanong katotohanan (cf. I taga-Corinto 9:9; I Timoteo 5:18) na ipahayag sa Deuteronomio 22:10. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na nagpapahiwatig na "sila ay bumubuo" ng mga di-nararapat, napakalapit, panariling mga pakikipag-ugnayan sa mga di-mananampalataya. Ang Griyegong termino ay isang tambalan ng "makipamatok" (*zugeō*) at "isa pa sa magkaibang uri" (*heteros*, i.e., iba't-ibang uri ng hayop). Ang talatang ito ay naging patunay-na-teksto sa kaugnaya nito sa mga mananampalataya na nag-aasawa ng mga di-mananampalataya. Gayunman, ang tekstong ito ay tila hindi tumutukoy nang tiyakan sa pagpapakasal, bagaman tiyak itong naiisasama sa ganitong mas malawak na pahayag. Ang mga mananampalataya ay kailangang itakda ang kanilang pinakamalapit, pansariling pakikipag-ugnayan sa kapwa mga mananampalataya. Tinutulungan tayo nito sa labanan ang hila ng nalugmok na kultura palayo kay Kristo. Ang pananampalataya kay Hesus at ang panananahan ng Espiritu ay nagdulog ng isang matalas at malalim na paghihiwalay sa loob ng mga pamilya, mga negosyo, mga kagawian, mga libangan, kahit na sa mga iglesiya.

Ang isa ay kailangang isaalang-alang ang mga talata tulad ng I taga-Corinto 5:9-13; 7:12-16; 10:27 upang makuha ang teolohikong pagtimbang ng katotohanang ito. Dapat nating tandaan ang kasamaan ng unang siglong paganong kultura. Ito ay hindi isang pagpapatunay ng monastikong pamumuhay, ngunit isang pagtatangka na mabawas ang napakalapit na pansariling pakikipag-ugnayan sa nalugmok na sistema ng mundo (cf. I Juan 2:15-17).

▣ **"anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan"** Ang katotohanang ito ay inuulit ang paikot na sulat sa taga-Efeso (cf. 5:7,11). Ang pag-iiba ni Pablo ang katuwiran sa kawalang kautusan ay maliwanag na nagpapakita na sa kontekstong ito, ang katuwiran ay hindi tumutukoy sa ibinilang na katuwiran (cf. taga-Roma 4; taga-Galacia 3), ngunit sa matuwid na pamumuhay (cf. Mateo 6:1). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I taga-Corinto 1:30.

▣ **"pakikisama"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9.

**6:15**
**NASB, NKJV** **"Belial"**
**NRSV, NJB** **"Beliar"**
**TEV** **"ang Demonyo"**

Ito ay isang Hebreong termino (i.e., *beli* at *ya'al*, tingnan ang BDB 116) na ang etimolohiya ay tila may alinlangan. *Beliar* ay isang naiibang pagkakatitik mula sa ilang Hudyong kasulatan. Ang maaaring mga kaligiran ay:

1. kawalang-halaga (i.e., isang paglalarawan ng masama mga tao, cf. Deuteronomio 13:13; II Samuel 23:6; I Hari 21:10,13)
2. kawalang kautusan (cf. II Samuel 22:5)
3. lugar na kung saan ay walang pataas (i.e., *Sheol*, cf. Mga Awit 18:4)
4. isa pang termino para kay Satanas (cf. Nahum 1:15; Jubilees 1:20; 15:33; at ang Dead Sea Scrolls [ex. IQS 1:18,24; 2:5,19])

**6:16 "anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Diyos sa mga diosdiosan"** Ang talatang ito ay kailangang maihambing sa I taga-Corinto 3:16, kung saan ang lokal na iglesiya ay tinawag na temploy ng Diyos. Sa I taga-Corinto 3:16 ay walang PANTUKOY sa "templo" (i.e., *naos*, ang sentral na dambana mismo). Ang PANGHALIP "kayo" ay PANGMARAMIHAN, habang "templo" ay PANG-ISAHAN, samakatuwid, sa kontekstong ito, ang "templo" ay tumutukoy sa buong iglesiya sa Corinto (cf. taga-Efeso 2:21-22).

Ang pagtuon ng Hudyong pananampalataya ay lumago sa mga ritwalat liturhiya ng Templo (cf. Jeremias 7) sa halip na personal na pananampalataya kay YHWH. Ito ay hindi kung saan o kailan o paano ang isa ay sumasamba, ngunit **sino** ang isang nasa pakikipag-ugnayan, ang Diyos. Nakita ni Hesus ang Kanyang katawan bilang templo ng Diyos (cf. Juan 2:21). Si Hesus ay mas dakila sa templo ng OT (cf. Mateo 12:6). Ang gawain ng Diyos ay kumilos mula sa isang banal na gusali patungo sa isang banal (i.e., tinubos, banal) na katawan ng mananampalataya.

Ang mga diyus-diyosan at mga mananampalataya ay lubusang tinalakay sa I taga-Corinto 8 at 10:14-22. Ang mga ito ay kapwa hindi magkasama! Ang lahat ng daan ay hindi patungong langit!

▣ **"Diyos na buhay"** Ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos ng OT ay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 2:8), na isang anyong PANDIWANG "siya nga." Kadasalang ginagamit ng mga may-akda ng OT ang PANG-URING "buhay" upang ipakilala ang nananatiling umiiral, tanging umiiral na Diyos. Ang OT mga pagkabanggit sa vv. 16-18 ay naglalaman ng pangkasunduang termino, "Ako ay magiging kanilang Diyos, at sila ay magiging Aking bayan" (cf. Ezekiel 37:27).

Ang pariralang "lumakad kasama nila" ay tila nagmula sa Levitico 26:12. Ang OT mga teksto sa v. 16 ay nagpapaliwanag ng bagong panahon kapag si YHWH ay mananahan kasama ang Kanyang bayan na gaya ng ninanais sa Genesis 2 at pansamantala at bahagyang naganap sa panahon ng paglalagalag sa ilang, ngunit lubusang natatanto sa ang bagong mga langit at ang bagong mundo (cf. Pahayag 21-22).

▣ **"sabi ng Diyos"** Ito ay isang maluwag na pagsasama ng Levitico 26:11-12 at Ezekiel 37:27 mula sa Septuagint. Sa kontekstong ito, inaangkop ni Pablo ang mga pangakong ito sa orihinal na pangkasunduang Israel sa iglesiya na siyang espirituwal na Israel (cf. taga-Roma 9:6; taga-Galacia 6:16).

**6:17 "MAGSIALIS… MAGSIHIWALAY"** Ang mga ito ay kapwa MGA AORIST NA PAUTOS. Ang mga ito ay pagkabanggit sa Isaias 52:11 sa Septuagint. Ang bayan ng Diyos ay inihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa mga makakasalanan at mga di-mananampalataya upang hindi sila maabutan sa kanilang kahatulan (cf. Pahayag 18:4).

Kadalasan ngayon, naririnig ko ang talatang ito na sinisipi na may kaugnayan sa denominasyon na kinabibilangan ng sinuman. Hayaang aking sipiin si F. F. Bruce sa *Answers to Questions*, "Ang paggamit ng mga salitang ito upang pangatuwiranan ang pang-inglesiyang paghihiwala sa pagitan ng mga Kristiyano ay nangangahulugan ng isang napakapangit na pagkabilong mabasa sila sa kanilang konteksto" (p. 103).

▣ **"AT HUWAG KAYONG MAGSIHIPO NG MGA BAGAY NA MARUMI"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay hindi dapat makilahok sa mga makasalanang pagkilos ng kanilang kaniya-kaniyang kultura. Bilang mga tinubos, kailangan nating ipakita at ipahayag ang bagong puso at bagong isipan ng mga tao ng Diyos. Ang lahat nga bagay ay nabago sa Kanya!

**6:18** Ang talatang ito ay nagpapakita ng katotohanan ng maraming mga propeta, ngunit lubusan, si Oseas (o maaaring II Samuel 7:14). Kristiyanismo ay isang pampamilyang bagay.

▣ **"Panginoong Makapangyarihan sa lahat"** Ito ay nagpapahiwatig ng OT termino para sa Diyos, YHWH (cf. Exodo 3:14), at *El Shaddai* (cf. Exodo 6:3). Sa Septuagint, sinasalin ang pariralang ito na "Panginoon ng Hukbo." Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos sa I taga-Corinto 2:8.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1

**[1]Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Diyos.**

**7:1 "Yamang taglay natin ang mga pangakong ito"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Sinipi ni Pablo ang OT propetikong mga salita mula sa Diyos na katulad na sila ay kasalukuyang iaangkop sa mga taga-Corinto (cf. 6:2). Ang OT rin ay sinipi sa 6:16-18, na nagpapakita ng nagpapatuloy na naisin ni YHWH na magkaroo ng isang bayan na magpapakilala ng Kanyang katangian. Sinusubukan ni Pablo na udyukan ang mga mananapalataya ng taga-Corinto na mabuhay ng maka-Diyos, hiwalay na mga pamumuhay. Sila ay nakaranas na ng "biyaya" (cf. 6:1), ngayon, dapat nila itong ipinapamuhay. Ang talatang ito ay isang panawaga sa kabanalang wangis ni Kristo (cf. taga-Efeso 1:4; 2:10).

▣ **"mga minamahal"** Ang pariralang ito ay ginamit sa Mateo 3:17 at 17:5 bilang isang titulo para kay Hesus. Si Pablo ay gumagamit ng katulad na termino upang ilarawan ang mga tagasunod ni Hesus (cf. II taga-Corinto 12:19; I taga-Corinto 10:14; 15:58; taga-Roma 12:19; taga-Filipos 2:12; 4:1). Ang terminong ito ay nagsasabi ng naitatag, matapat na pagkasunduang pag-ibig (Hebreo, *hesed*; Griyego, *agapē*) ng Diyos para sa atin kay Kristo, ngunit dito, ito ay nagpapahayag ng pag-ibig ni Pablo para sa nagpapangkat-pangkat, mapagmataas, mapanirang iglesiya.

▣ **"magsipaglinis tayo"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PASAKALI. Ang AORIST na panahunan ay ang paraan na ang Koine Griyego ay nagpapatibay ng isang pagkilos. Ito ay maraming iba't-ibang mga implikasyon (tingnan si D. A. Carson, *Exegetical Fallacies*, 2[nd] ed., pp. 68-73). Dito, ito ay isang panawagan para sa tiyak na pagkilos (i.e., HORTATORY PASAKALI na ginamit bilang isang PAUTOS. Ang PASAKALI PANAGANO ay nagbibigay ng isang sangkap kawalang katiyakan. Ang mga mananampalataya ay kailangang makipagtulungan sa Diyos sa kaligtasan at pagkatapos, makipagtulungan sa paglago.

▣ **"ng laman at ng espiritu"** Ito ay nagpapahayag ng ating buong pantaong pag-iral. Maraming mga tao ang tumangi na ang talatang ito ay orihinal na dahil sa teknikal na paggamit ni Pablo ng dalawang mga termino sa magkaibang konteksto. Gayunman, ang 7:5, kapag inugnay sa 2:13 (na siyang simula at katapusan ng pinahabang panaklong ni Pablo), ay gagamitin ang dalawang mga termino na magkasingkahulugan. Kadalasang ginagamit ni Pablo ang katulad na mga termino sa iba't-ibang mga kaunawaan (basahin, *A Man in Christ* ni James S. Stewart, Harper at Row).

▣ **"pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Sa teolohiya, ito ay totoo na kapag tayo ay naligtas, tayo ay kapwa kagyat na pinawalang-sala at pinaging-banal (cf. I taga-Corinto 1:30, gayundin, tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal sa I taga-Corinto 1:2). Ito ay naghahayag ng ating kalalagayan kay Kristo. Gayunman, tayo ay dapat mabuhay sa liwanag ng ating kalalagayan. Samakatuwid, tayo ay hinihimok na tuparin ang ating panawagan sa lumalagong pagpapaging-banal o pagiging katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; taga-Efeso 4:1). Ito ay isang nagpapatuloy na pakikibaka (cf. taga-Roma 7). Gaya ng kaligtasan ay kapwa isang walang-bayad na kaloob at isang napakamahal na pangako, kaya gayundin, ang pagpapaging-banal. Ang katulad na konsepton ito ay totoo sa mga mananampalataya na tinawag na mga banal (MAY PAHIWATIG) at ngayon, tinawag na magpakabanal (PAUTOS). Hindi ako naniniwala sa posibilidad ng kawalan ng kasalanan sa buhay na ito, ngunit naniniwala ako sa kaangkupan ng mga mananampalataya nababawasan ang pagkakasala! Ito ay ang teolohiko at praktikal na pag-iigting na idinulot ng mga mananampalataya na nasa kanyang Kaharian, ngunit ang Kaharian na hindi pa nalulubos (cf. Fee, Stewart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 131-134).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang v. 1 ba ay nagtuturo sa atin na mawawala ang ating kaligtasan?
2. Paanong ang isang Kristiyano ay makakapamuhay na hindi nakakapaglagak ng anumang katitisuran sa harapan ng iba?
3. Bakit napakahirap ng buhay ni Pablo?
4. Ang ang ibig-sabihin ng "magsihiwalay"?
5. Ang kaligtasan ba ay lubusang walang-bayad o ito ay gugugol ng lahat ng bagay?

# II MGA TAGA-CORINTO 7:2-16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Isang Babala (6:11-7:4) |
| Ang pagsisisi | | | | |
| 7:2-4 | 7:2-12 | 7:2-4 | 7:2-4 | 7:2-4 |
| | | | | Pablo sa Macedonia: Siya ay Sinamahan ni Tito |
| 7:5-13a | | 7:5-13a | 7:5-7 | 7:5-7 |
| | | | 7:8-11 | 7:8-13a |
| | Ang Kaligayahan ni Tito | | 7:12-13a | |
| | 7:13-16 | | | |
| 7:13b-16 | | 7:13b-16 | 7:13b-16 | 7:13b-16 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:2-4**

**[2]Buksan ninyo sa amin *ang inyong mga puso*: hindi namin inapi ang sinoman, hindi namin ipinasama ang sinoman, hindi namin dinaya ang sinoman. [3]Hindi ko sinasabi ito upang kayo'y hatulan: sapagkat sinabi ko na nang una, na kayo'y nasa aming mga puso upang magkasamang mamatay at magkasamang mabuhay. [4]Malaki ang katapangan ko ng pagsasalita sa inyo, malaki ang aking kapurihan dahil sa inyo: ako'y puspos ng kaaliwan, nananagana sa katuwaan sa lahat ng aming kapighatian.**

**7:2 "Buksan ninyo sa amin *ang inyong mga puso*"** Ang talatang ito ay kinuha ang kaisipa ng 6:13. Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS, isang tiyak na kautusan, ngunit may isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin. Binanggit ni Pablo ang kaisipang ito sa 6:13. Siya ay gumagamit ng isang KASALUNGAT sa 6:12 (i.e., pagpipigil). Nais ni Pablo na bubuksan nila ang kanilang sarili sa kanya na nagbukas ng kanyang sarili para sa kanila.

Ang terminong "puso" sa 6:11 ay isang paraan sa pagtukoy sa kanyang sarili. Ginawa ni Pablo ang katulad na bagay sa "laman" sa v. 5 at "espiritu" sa v. 13b. Tingnan ang mas buong tala sa v. 5.

▣ **"hindi namin inapi ang sinoman, hindi namin ipinasama ang sinoman, hindi namin dinaya ang sinoman"** Ang lahat ng mga ito ay AORIST TAHAS NA NA MAY MGA PAHIWATIG. "walang sinoman" ay inulit at iniharap sa bawat parirala para sa pagbibigay-diin. Inuugnay ito sa mga pagkilos ng mga bulaang guro o ang mga pagsasakdal na ginawa ng mga kritiko ni Pablo laban sa kanya at kanyang ministeryo (cf. 12:17-18).

▣ **"ipinasama"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 15:42.

**7:3 "upang magkasamang mamatay at magkasamang mabuhay"** Ang Griyego ay may, "Ako ay mamamatay kasama mo o magpapatuloy na mabuhay kasama mo." Ang unang PANDIWA ay isang AORIST TAHAS NA PAWATAS at ang ikalawa ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS. Ito ay maaaring tumutukoy sa 6:1. Ninanais ni Pablo ang isang malago, nanunungkulang iglesiya sa Corinto. Kung susunod sila sa kanyang pamumuno at awtoridad sila ay magbubunga, ngunit kung hindi, sila ay magpapatuloy na umiral na walang kabuluhan. Ito rin ay maaaring ito ay isang pangkulturang wikain ng debosyon hangang sa wakas

**7:4 "katapangan ng pagsasalita"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Parrhēsia* sa 3:12.

▣ **"kapurihan"** Tingnan ang buong pag-aaral ng salita sa I taga-Corinto 5:6 at Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 1:12.

▣ **"ako'y puspos ng kaaliwan, nananagana sa katuwaan"** Ito ay tila tumutukoy sa ulat ni Tito sa v. 6-13a. Si Pablo ay lubhang naging madamdamin patungkol sa espirituwal na kalalagayan ng kanyang mga iglesiya (cf. taga-Galacia 4:19).

Ang terminong nananagana (i.e., *huperperisseuomai*, cf. taga-Roma 5:20) ay isang pinatinding anyo ng *perisseuō*. Ito sa kaugnay nito sa mga anyo ay madalas ginamitin ni Pablo sa kanyang mga sulat sa Corinto. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

1. *perissos/perissoteros*
   a. lubha (cf. I taga-Corinto 12:23,24; 15:10)
   b. sobra-sobra (cf. II taga-Corinto 2:7; 10:8)
   c. kalabisan (cf. II taga-Corinto 9:1)
2. *perissoterōs*, mas masaganda (cf. II taga-Corinto 1:12; 2:4; 7:13,15; 11:23; 12:15)
3. *perisseuō*
   a. managana (cf. II taga-Corinto 1:5; 3:9; 9:8,12)
   b. masaganang pinagkalooban (cf. I taga-Corinto 14:12; II taga-Corinto 8:7)
   c. managana sa pagsasakatuparan (cf. I taga-Corinto 15:58)
   d. managana sa pagkain (cf. I taga-Corinto 8:8)
   e. magdulot ng kasaganahan (cf. II taga-Corinto 4:14; 9:8)
4. *perisseuma*, lubhang masagana (cf. II taga-Corinto 8:13,14)
5. *perisseia*, lubhang masagana (cf. II taga-Corinto 8:2; 10:15)

▣ **"sa lahat ng aming kapighatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kapighatian sa II taga-Corinto 1:4.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:5-13a

**5 Sapagkat nagsidating man kami sa Macedonia ang aming laman ay hindi nagkaroon ng katiwasayan, kundi sa lahat kami ay pinipighati; sa labas ay mga pagbabaka, sa loob ay mga katakutan. 6 Gayon man ang Diyos na umaaliw sa mabababang-loob, ay kami'y inaliw sa pamamagitan ng pagdating ni Tito; 7 At hindi lamang sa kaniyang pagdating, kundi naman sa kaaliwan ng inialiw sa kaniya dahil sa inyo, nang sa amin ay ibalita niya ang inyong pananabik, ang inyong kalumbayan, *sapagkat* ang inyong pagmamalasakit dahil sa akin; ano pa't ako'y lubha pang nagalak. 8 Sapagkat bagaman ako'y nakapagpalumbay sa inyo sa aking sulat, ay hindi ko dinaramdam: bagamat aking dinamdam (sapagkat akin ngang natatalastas na ang sulat na yaon ay nakapagpalumbay sa inyo, bagamat sa maikling panahon lamang),**
**9 Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga pagkalumbay na *sa yugto ng* ikapagsisisi; sapagkat kayo'y pinalumbay sa paraang ukol *sa kalooban ng* Diyos, upang sa anoman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin. 10 Sapagkat ang kalumbayang ayon *sa kalooban ng* Diyos, ay gumagawa ng pagsisisi na walang pagkalungkot, *na patungo sa* kaligtasan: datapuwat ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay. 11 Narito nga, ito rin ang inyong ikinalulumbay na mula sa Diyos, gaanong kahandaan na pagiingat ang sa inyo'y ginawa, oo't gaanong pagtatanggol ng inyong sarili, oo't gaanong pagkagalit, oo't gaanong katakutan, oo't gaanong pananabik, oo't gaanong pagmamalasakit, oo't gaanong paghihiganti! Sa lahat ay napakita kayong dalisay sa bagay na ito. 12 Kaya nga, bagamat ako'y sumulat sa inyo, *ito ay* hindi dahil doon sa gumawa ng kamalian, ni dahil doon sa nagbata ng kamalian, kundi upang maihayag sa inyo ang inyong masikap na pagiingat sa amin sa harapan ng Diyos.**
**13 Kaya't kami'y pawang nangaaliw:**

**7:5 "Sapagkat nagsidating man kami sa Macedonia"** Si Pablo ay nagpatuloy sa tala na nauugnay sa ulat ni Tito na nagsimula sa 2:13. Mayroong napakagandang paglihis ng paksa si Pablo sa pagitan ng 2:13 at 7:5, kung saan kanyang tinatalakay ang mga kagalakan at mga pagdurusa ng apostolikong ministeryo.

▣ **"ang aming laman ay hindi nagkaroon ng katiwasayan"** Si Pablo ay lubhang nag-aalala kanyang iglesiya (cf. 2:12-13, kapwa GANAP NA TAHAS NA NA MAY MGA PAHIWATIG). Ito ay makakatulong sa aking sa gitna ng aking pag-aalala at mga pagduruda na malaman na ang dakilang apostol sa mga Hentil ay ginagambala rin ng kanyang mga pagduruda patungkol sa mga namamalaging mga bunga ng kanyang ministeryo (cf. 6:1).

Si Pablo ay gumagamit ng terminong "laman" bilang isang kasingkahulugan para sa kanyang sarili (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26). Ginawa niya ang katulad na bagay kaugnay sa espiritu sa v. 13b (tingnan ang kaagapay sa 2:13, "kapahingahan sa aking espiritu"), na tumutukoy kay Tito. Ang NT ay hindi itinataguyod ang isang *trichotomous* na pananawa ng sangkatauhan. Ang sangkatauhan ay isang kaisahan (cf. Genesis 2:7). Ipinapahayag ni Pablo ang ganitong maraming mukhang pagkakaisa sa maraming pamamaraan.

▣ **"kundi sa lahat kami ay pinipighati"** Ito ay ang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI. Ang talatang ito ay isang maikling buod ng mga suliraning binanggit ni Pablo sa 1:4-10; 4:7-12; at 6:3-10.

▣ **"sa labas ay mga pagbabaka, sa loob ay mga katakutan"** Nang kapanahunan ni Chrysostomo, ang pariralang ito ay naipaliwanag bilang tumutukoy sa mga suliranin ng mga di-mananampalataya at mga mananampalataya (cf. 11:28). Si Pablo ay nag-aalala sa mga pamamaraan ni Satanas (cf. 11:3; I taga-Corinto 7:5).

**7:6 "Gayon man ang Dios na umaaliw sa mabababang-loob, ay kami'y inaliw"** Anong isang napakagandang titulo para sa Diyos—"ang Siyang nagpapatuloy na mag-aaliw" (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI). Tingnan ang buong tala sa kaaliwan sa 1:4-11.

**7:7** Ang mga panalangin ni Pablo at mga sulat ay napatunayang mabisa. Ang karamihan sa iglesiya ay tumugon nang nararapat sa kanyang apostolikong awtoridad at pagpapahayag ng ebanghelyo. Sila ay tinanggihan ng mga imoral at ereheng guro (cf. vv. 8-13a).

**7:8**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Sapagkat bagaman ako'y nakapagpalumbay sa inyo"** |
| **NKJV, NRSV** | **"kahit na kung ako'y nakapagpalumbay sa inyo"** |
| **TEV** | **"kahit na kung. . .napalungkot kita"** |
| **NJB** | **"kaya ngayn, bagaman pinagpabagabag ko kayo"** |

Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo.

▣ **"sa aking sulat"** Ito ay tila tumutukoy sa ang ikatlong sulat ni Pablo sa Corinto na tinawag ng mga iskolar na "ang mabagsik na sulat" (cf. 2:3.4.9). Ito ay isa sa dalawang nawalang mga sulat maliban sa mga kabanata 10-13 ay sinipi dito.

**7:8-11 "nakapagpalumbay. . . dinaramdam. . .pagsisisi"** Mayroong tatlong napakamakabuluhang Griyegong termino na ginamit sa talatang ito upang ilarawan ang pagdurusa at pagsisisi. Ang unang terminoo (i.e., *lupeō*) ay ang pangkalahatang termino para sa "pagdadalamhati" o "pag-aalala." Ito ay isang terminong walang kaugnayan sa teolohiya na matatagpuan nang dalawang beses sa v. 8; tatlong beses sa v. 9; dalawang beses sa v. 10; at minsan sa v. 11 (cf. 2:2,4,5; 6:10).

Ang terminong kalungkutan (i.e., *metamelomai*), na matatagpuan nang dalawang beses sa v. 8 at kabaligtaran sa v. 10, ay isang terminong nangangahulugang "pag-aruga pagkatapos." Ito ay tila nangangahulugang pagsisisi sa mga kinahinatnan ng mga nakalipas na mga gawain: Halimbawa: (1) silang di tunay na nagsisi sa parabula ni Hesus, Mateo 21:29,32; (2) Judas, Hebreo 12:16-17; at (3) Esau, Mateo 27:3.

Ang huling termino (i.e., *metanoeia*), na matatagpuan sa vv. 9 at 10, ay lubhang makabuluhan sa teolohiya. Sa literal, ito ay nangangahulugang "isipan pagkatapos." Ito ay hindi lamang kinapapalooban ng isang pagbabago ng ugali, ngunit isang pagbabago ng pagkilos (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16; 20:21). Ang mga halimbawa ng ganitong uri ng pagsisisi ay maaaring na matatagpuan kina Haring David at Apostol Pedro.

Si Pablo ay tumutukoy sa kanyang "masakit" na sulat, na kanyang naisulat sa iglesiya sa Corinto. Siya ay lubusan at tunay ngang nagpapahayag ng kanyang sarili, ngunit nag-aalala na ang sulat ay maaaring nagdulot ng puspos na pighati sa halip na isang malusog na pagsisisi, na maaaring magbunga ng isang napanumbalik na pakikipag-ugnayan. Sila ang nagpilit kay Pablo na kumilos bilang isang espirituwal na maninistis sa halip na isang espirituwal na ama. Ipinapahayag ni Pablo ang di-nararapat na mga pagkilos at mga pag-uugali at lubuspinagmulangasahan sila na tumugon nang nararapat. Ngunit, bilang isang ama na dinidisiplina ang kanyang mga anak sa pighati, Sumulat si Pablo sa pighati at pagkatako sa pinakamalubha, na sila ay hindi tutugon sa tunay na pagsisisi at ang pakikipag-ugnayan ay hindi mapapanumbalik at ang kanyang gawain doon ay mapapasa

walang kabuluhan (cf. 6:1).

## NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA KASALANAN

Pagsisisi (kasama ng pananampalataya) ay isang pangkasunduang pangangailangan sa kapwa Lumang Tipan (*Nacham*, BDB 636, e.g., 13:12; 32:12,14; *Shuv,* BDB 996, e.g., I Hari 8:47; Ezekiel 14:6; 18:30) at Bagong Tipan.

1. Juan Bautista (Mateo 3:2; Marcos 1:4; Lucas 3:3,8)
2. Hesus (Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)
3. Pedro (Gawa 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pedro 3:9)
4. Pablo (Gawa 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Roma 2:4; II Corinto 2:9-10)

Ngunit ano ang pagsisisi? Ito ba ay pighati? Ito ba ay isang paghinto sa kasalanan? Ang pinaka-mainam na kabanata sa NT upang maunawaan ang mga magkakaibang kahulugan ng konseptong ito ay nasa II Corinto 7:8-11, na ang tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang Griyegongsalitang ay ginamit.

1. "pighati" (*lupē*, cf. vv. 8 [dalawang beses], 9 [tatlong beses], 10 [dalawang beses], 11). Ito ay nangangahulugang kalungkutan o pagkabahala at may isang teolohikong kahulugan na walang pinapanigan.
2. "pagsisisi" (*metanoeō*, cf. vv. 9,10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "kaisipan," na nagpaahiwatig ng isang bagong kaisipan, isang bagong paraan ng pag-iisip, isang bagong pagtingin patungo sa buhay at Diyos. Ito ang tunay pagsisisi.
3. "dalamhati" (*metamelomai*, cf. vv. 8[dalawang beses], 10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "pagkalinga." Ito ay ginamit kay Hudas sa Mateo 27:3 at kay Esau sa Hebreo 12:16-17. Ito ay nagpapahiwatig ng kalungkutan sa mga kinalabasan, hindi sa mga pagkilos (aksyon).

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan sa pangkasunduang pagkilos (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). May ilang mga talata na nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagkakaloob ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Ngunit ang karamihan ng mga talata ay nakikita ito bilang isang kinakailangan ng tao upang tumugon sa kasuduang pag-aalok ng Diyos ng isang kaligtasan na walang bayad.

Ang kahulugan sa kapwa Hebreo at Griyegong mga salitang ay kinakailangan upang maintindihan ang buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng pagkilos," habang ang Griyego ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng kaisipan." Ang taong naligtas ay tumatanggap ng isang bagong kaisipan at puso. Naiiba ang kanyang pag-iisip at pamumuhay. Sa halip na "Ano ang pakinabang nito sa akin?" ang tanong na ngayon ay "Ano ang kalooban ng Diyos?" Ang pagsisisi ay hindi isang emosyon na lumilipas o isang lubos na pagiging walang kasalanan, kundi isang bagong pakikipag-ugnayan sa Isang Banal na nagpapatuloy na magbago sa mananampalataya upang maging isang banal.

**7:9**
**NASB "sapagkat kayo'y pinalumbay sa paraang ukol *sa kalooban ng* Diyos"**
**NKJV "dahil kayo's pinalungkol sa isang maka-Diyos na paraan"**
**NRSV "dahil sa naramdaman niyo ang isang maka-Diyos na dalamhati"**
**TEV "na ang kalungkutan ay ginamit ng Diyos"**
**NJB "ang inyon dalamhati ay ang uri na sinasang-ayunan ng Diyos"**

Sa literal, ito ay "dahil kayo ay namimighati sang-ayon sa Diyos." Makikita mo ang iba't-ibang mga teolohikong pananaw sa iba't-ibang mga salin. Ginagamit ba ng Diyos ang pighati, pagsakit, kahit na masama, para sa Kanyang mga layunin? Ang ilan ay sinisipi ang taga-Roma 8:28 at sinasabing "oo." Ang iba ay sinisipi ang Santiago 1:13,17 at sinasabing "hindi." Si Pablo ay nagtala ng mga suliranin at mga paghihirap na kanyang kinahaharap bilang isang Apostol. Kanyang tinala ang pinagmulan ng mga ito sa taga-Efeso 2:2-3 kay Satanas, ang nalugmok na sistema ng mundo, at Adanikong kalikasan ng nalugmok na sangkatauhan. Ang Diyos ay handang magpatawad, makipagtulungan, at tanggapin ang makasalanang sangkatauhan. Gumagamit Siya nang masama para sa Kanyang mga layunin, ngunit hindi kasangkot dito ng personal. Ang pagdurusa at mga suliranin ay kadasalang nagbubunga ng isang paayong epekto. Sa kontekstong ito, ito nagbubunga ng pagsisisi (cf. vv. 9-11).

**"upang sa anoman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK PASAKALI. Pansinin na ang mayroong sangkap ng kawalang-katiyakan. Ninanais ni Pablo na maging isang pagpapala sa iglesiyang ito at hindi isang handlang sa anumang paraan. Gayunman, ang iglesiya ay kailangang tanggapin si Pablo at kanyang ministeryo.

**7:10 "*patungo sa* kaligtasan"** Ang pagsisisi ay isa sa mga kinakailangang sangkap ng kaligtasan. Ang pagsisisi ay binanggit bilang isang pangangailangan ni Juan de Bautista (cf. Mateo 3:2), ni Hesus (cf. Mateo 4:17), ni Pedro (cf. Mga Gawa 2:38), at ni Pablo (cf. Mga Gawa 26:20). Ang pagsisisi ay pagtalikod mula sa kasalanan at pananampalataya ay pagbaling kay Kristo; kapwa ay kinakailangan (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21). Ako ay dumating sa paniniwala na mayroong maraming normatibong pangangailangan para sa isang malagong kaligtasan: pagsisisi, pananampalataya, bautismo,

pagsunod, paglilingkod, at pagtitiyaga. Ang Kristiyanismo ay isang pamumuhay na pakikipag-ugnayan, hindi isang kalipunan ng mga net na luluksuhin, gayunman walang hangang buhay ay walang kapansin-pansing mga katangian!

Ang pangkasunduang pag-iigting sa pagitan ng isang makapangyarihang (soberano) Diyos at isang inutos na pantaong pagtugon na makikita din sa bahagi ng teolohiya dahil sa ang Mga Gawa 11:18 ay nagpapahag na ang Diyos ang nagkakaloob ng pagsisisi. Ang kaligtasan ay maaaring makita sa Bibliya bilang lahat sa Diyos at gayunman, hinihingi di ang isang pantaong pagtugon. Ito ay ang kabalintunaan ng isang walang-bayad na kaligtasan at isang "halaga ng lahat ng bagay" na Kristiyanong buhay.

Ang NT konsepto ng kaligtasan ay inilalarawan bilang isang panimulang gawa ng pananampalataya na sinusundan ng isang lumalagong pananampalataya ng pakikipag-ugnayan at matatapos sa panghinaharap na pagdating ni Kristo. Ang tekstong ito ay tila nagpapahiwatig ng isang panghinaharap na kalubusan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Griyegong Panahunan ng Pandiwa para sa Kaligtasan at I taga-Corinto 3:15.

▣ **"datapuwa't ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay"** Ang pangungusap na ito ay mayroong tatlong susing mga salita na kailangang maunawaan sa kanilang konteksto sa NT.

1. "Kalumbayan." Ang talatang ito ay naglalamang ng tatlong Griyegong mga salita para sa pighati, kalungkutan, pagsisisi. Sa pariralang ito, ang kalumbayan ay *lupeō*, na nangangahulugang pagdadalamhati. Ang mga tao ay nagsisisi sa mga nakalipas na pagkilos, ngunit para sa mga makasariling layunin.
2. "Ang sanglibutan." Ito ay isang sanggunian sa pantaong lipunan na naitatag at gumaganap na hiwalay sa Diyos. Ito ay nalugmok na sangkatauhan!
3. "Kamatayan". Ang paggamit ng terminong ito ay maaaring makalayuning kalabuan. Ito ay tumutukoy sa espirituwal na kamatayan (cf. Genesis 3) at pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5).

**7:11** Ang maka-Diyos na kalumbayan (i.e., *lupeō*) ay nagdudulot ng mga espirituwal na bunga (i.e., tunay na pagsisisi, *metanoeō* at bunga nito). Ang maka-Diyos na mga bunga ay nakatala sa talata 11.

▣ **"oo't gaanong paghihiganti"** Ang literal na termino ay "paghihiganti," ngunit ito ay ginamit sa kaunawaan ng paggagawad ng nararapat na katarungan. Mayroong ilang magkakaibang opinyon sa mga iskolar sa kung anog ang tinutukoy ng talatang ito. Ang ilang ay nagpapahayag na (1) ito ay tumutukoy sa I taga-Corinto 5:5, habang ang iba ay naniniwalang (2) ito ay tumutukoy sa mga maliliit na pangkat o mga bulaang guro (cf. v. 12).

**7:12** Ang talatang 12 ay tila isang Hebreong wikain ng paghahambing, hindi isang pasalungat na pahayag (cf. *The Jerome Biblical Commentary*, p. 283).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:13b-16

**13b at sa aming pagkaaliw ay bagkus pang nangagalak kami dahil sa kagalakan ni Tito, sapagkat ang kaniyang espiritu ay inaliw ninyong lahat. 14 Sapagkat kung ako ay nagmapuri ng anoman sa kaniya dahil sa inyo, ay hindi ako nahiya; datapuwat kung paanong sinabi namin ang lahat ng mga bagay sa inyo sa katotohanan, ay gayon din naman ang aming pagmamapuri na ginawa ko sa harap ni Tito ay nasumpungan *ang* katotohanan. 15 At ang kaniyang pag-ibig ay lubha pang nanagana sa inyo, samantalang naaalaala niya ang pagtalima ninyong lahat, kung paanong siya'y tinanggap ninyo na may takot at panginginig. 16 Ako'y nagagalak na sa lahat ng mga bagay ay mayroon akong lubos na pagtitiwala sa inyo.**

**7:13b "nangagalak kami dahil sa kagalakan ni Tito, sapagka't ang kaniyang espiritu ay inaliw ninyong lahat"** Ang iglesiya pinakitunguhan si Tito nang mabuti (i.e., siya ay sumigla, GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG). Tila nag-aalala si Pablo patungkol dito dahil sa pakikitungo na natanggap ni Timoteo noong una.

Pansinin na si Pablo ay gumagamit ng "espiritu" bilang isang kasingkahulugan ng pagkatao ni Tito, hindi lamang isang aspeto (i.e., katawan, kaluluwa, espiritu, cf. Elwell's *Evangelical Dictionary of Theology*, pp. 676-680). Tingnan ang buong tala sa "espiritu" sa 4:13.

Para sa "lalong higit" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:7.

**7:14 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin. Ipinagmalaki ni Pablo ang patungkol sa ang iglesiya sa Corinto kay Tito.

▣ **"magmapuri"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamapuri sa I taga-Corinto 5:6.

▣ **"sa katotohanan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:8.

**7:15 "pagibig"** Ito sa literal ay ang Griyegong salitang, *splagchna*. Tingnan ang buong tala sa 6:12.

▣ **"nanagana"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:7.

▣ **"samantalang naaalaala niya ang pagtalima ninyong lahat"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI (i.e., Moulton's *Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 24) o isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI (i.e., Friberg's *Analytical Greek New Testament*, p. 562). Kung paanong ang mga iglesiya ay nakikitungo sa mga ministro ng Diyos ay nagsasabin ng ilang bagay patungkol sa kanila (cf. I taga-Corinto 16:16; I taga-Thesalonica 5:12; Hebreo 13:17).

**7:16** Ang pahayag na ito ang nagwawakas ng pampanitikang yunit na ito (cf. 2:14-7:16) na may isang tala ng nagtitiwalang katiyakan.

▣ **"lubos na pagtitiwala"** Tingnan ang tala sa 5:6.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang mahalaga ang ulat ni Tito kay Pablo?
2. Bigyang-kahulugan ang tatlong iba't-ibang mga salita para sa "kapighatian" na matatagpuan vv. 8-11 at iugnay ang kanilang teolohikong kabuluhan.

# II MGA TAGA-CORINTO 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Masaganang Pagkakaloob | Pangingibabaw sa Pagkakaloob | Ang Likom para sa Tulong sa Iglesiya sa Herusalem (8:1-9:15) | Kristiyanong Pagkakaloob | Bakit ang mga taga-Corinto ay dapat na Mapagkaloob |
| 8:1-7 | 8:1-7 | 8:1-7 | 8:1-7 | 8:1-15 |
| | Si Kristo ang Ating Huwaran | | | |
| 8:8-15 | 8:8-15 | 8:8-15 | 8:8-9 | |
| | | | 8:10-12 | |
| | | | 8:13-15 | |
| Tito at Kanyang mga Kasama | Nalikom para sa mga Banal sa Judea | | Tito at Kanyang mga Kasama | Ang mga Kinatawang Itinagubilin sa mga taga-Corinto |
| 8:16-24 | 8:16-24 | 8:16-24 | 8:16-19 | 8:16-9:5 |
| | | | 8:20-21 | |
| | | | 8:22-24 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang mga kabanata ng 8 at 9 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit na nauugnay sa bahagi ng taga-Corinto sa mga likom ng Hentil na mga iglesiya para sa mahihirap na iglesiya sa Herusalem (cf. I taga-Corinto 16:1-3).

B. Kaligiran sa kaloob ni Pablo sa Herusalem na iglesiya
   1. Sa Mga Gawa 11:27-30 ang iglesiya sa Antioch ay nagsimula ng program sa gawaing pagtulong para sa Herusalem. Ito ay isang paraan upang pag-isahin ang Hudyo at Hentil na mga iglesiya.
   2. Sa taga-Galacia 2:10 at 6:10 si Pablo ay nagsimula ng isang katulad na pagbibigay-diin sa kanyang sinaunang gawaing pangmisyon.

3. Sa I taga-Corinto 16:1-4 ito ay nagpapakita na ang ganitong pagkakaloob ay nagsimula na sa Corinto.
4. Sa taga-Roma 15:26 ang mga ambag sa kapwa Macedonia at Acaya ay binanggit.

C. Ang pangkalahatang pangangatuwiran ni Pablo patungkol Kristiyanong pagkakaloob
   1. halimbawa ng iba (taga-Macedonia) vv. 1-5
   2. pagkakaloob ay isang aspeto ng espirituwal na paglago, vv. 7-8
   3. halimbawa ni Kristo, v. 9; 9:15
   4. kanilang sariling pagsisimula, vv. 6,10
   5. pagbibigay-sigla upang ilagay ang pagnanais sa pagkilos, v. 10
   6. motibo, hindi halaga, ang susi, v. 12
   7. pagkakaloob na may pagkapantay-pantay, v. 14

D. Ang mga patnubay ng Bagong Tipan para sa Kristiyanong pagkakaloob batay sa huwaran ng mga iglesiya sa Macedonia
   1. nakalulugod at dalisay, kahit na sa gitna ng kahirapan, v. 2; 9:7
   2. magkaloob nang buong kakayahan, v. 3
   3. magkaloob ng may sakripisyo na higit sa kakayahan, vv. 3,12
   4. magkaloob nang malaya, v. 3; 9:7
   5. magkaloob nang may katapatan, v. 4
   6. magkaloob nang higit sa salapi, v. 5

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1-6

**[1]Bukod dito, mga kapatid, ay *ninanais* namin na ipinatatalastas sa inyo ang biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa mga iglesiya ng Macedonia; [2]Kung paanong sa maraming pagsubok sa kapighatian ang kasaganaan ng kanilang katuwaan at ang kanilang malabis na karukhaan ay sumagana sa kayamanan ng kanilang kagandahang-loob. [3]Sapagkat ayon sa kanilang kaya, ay nagpapatotoo ako at higit pa sa kanilang kaya, *ay nagsiabuloy sila* sa sariling kalooban, [4]Na lubhang ipinamamanhik sa amin ang tungkol sa biyayang ito at sa pakikisama sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal: [5]At *ito*, ay hindi ayon sa aming inaasahan, kundi ibinigay muna nila ang kanilang sarili sa Panginoon, at sa amin sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos. [6]Ano pa't namanhik kami kay Tito, na yamang siya'y nagpasimula nang una, ay siya na rin ang gumanap sa inyo ng biyayang ito.**

**8:1 "ang biyaya ng Diyos"** Ito salitang "biyaya" (*charis*) ay ginamit lagpas sa sampung beses sa mga kabanata 8 at 9. Ito ay ginamit sa kaunawaan ng
1. hindi karapat-dapat, hindi tampat na pag-ibig ng Diyos kay Kristo, 8:1,9; 9:8,14
2. tulong/tanging karapatan, 8:4
3. ang pagkakaloob sa Herusalem, 8:1,6,7,19
4. mga pasasalamat, 8:16; 9:15

Pansinin na ang biyaya ay nauunawaan bilang tumutukoy sa hindi karapat-dapat, hindi tampat na pag-ibig ng Diyos kay Kristo o bilang isang paraan ng pagtukoy sa pagkakaloob mula sa mga Hentil na iglesiya ni Pablo patungo sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem. Ang Griyegong terminong ay may malawak na semantikong larangan.

**"sa mga iglesiya ng Macedonia"** Ito ay tumutukoy sa Philippi, Thessalonica, at Berea (cf. Mga Gawa 16-17). Mayroong isang pangkulturang kaunawaan paligsahan sa pagitan ng Acaya at Macedonia. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya sa I taga-Corinto 1:2.

**8:2 "Kung paanong sa maraming pagsubok sa kapighatian"** Nakita natin ang ilan sa ganitong pag-uusig mula sa Mga Gawa 17:1-15 at I taga-Thesalonica 1:6; 2:14. Mayroong dalawang Griyegong mga salita na isinalin na "pagsubok," "pagsusuri," o "pag-uudyok" (dito "mahigpit na pagsubok"). Ang isa ay tumutukoy sa isang pagsusuri na may pananaw patungong kapamahakan, habang ang iba ay tumutukoy sa isang pagsusuri na may isang pananaw patungo sa pagsang-ayon (cf. vv. 2,8,22; 9:13). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:13.

Para sa "dalamhati" tingnan ang Natatanging Paksa: Kapighatian sa II taga-Corinto 1:4.

**"ang kasaganaan ng kanilang katuwaan"** Ito ay lubhang nakakagulat na ang pariralang ito ay makikita sa pagitan ng "dakilang mahigpit na pagsubok" at "kanilang malalim na kahirapan." Ang kagalakang ito sa gitna ng salungat na mga pagkakataon ay isang katangian ng mananampalataya (cf. Mateo 5:10-12; taga-Roma 5:3; Santiago 1:2). Ang Kaligayahan ay isang bunga ng Espiritu (cf. taga-Galacia 5:22) at ito ay hindi nauugnay sa mga pangyayari!

Para umuulit na paggamit ni Pablo ng "kasaganahan" o "umaapat" tingnan ang tala sa 1:5.

▣ **"ang kanilang malabis na karukhaan ay sumagana sa kayamanan ng kanilang kagandahang-loob"** Ang terminong, "karukhaan" (i.e., *ptōchos*) ay isang napakalakas na Griyegong terminong ginamit sa (1) masidhing kahirapan sa Septuagint ng Deuteronomio 8:9; Hukom 6:6; 14:15 (2) mga nagpapalimos (cf. 6:10; taga-Roma 15:26; Pahayag 2:9; 3:17). Sila ay hindi nagkaloob sa pagiging labi. Sila ay nagtiwala sa Diyos upang tustusan ang kanilang mga pangangailangan (cf. Marcos 12:42; Lucas 21:2). Sa kontekstong ito, "kanilang malalim na kahirapan" ay tila nauugnay sa kanilang kalagayan na pinagmamalupitan para sa ebanghelyo (cf. vv. 13-18).

▣ **"kagandahang-loob"** Ang salitang ugat ng terminong ito ay nangangahulugang "pagiging-isa ng isip," na maaaring mangahulugang "tunay" o "matapat" (cf. Septuagint II Samuel 15:11; I Cronica 29:17). Ngunit, ito ay ginamit sa ang NT (i.e., terminong ito lamang sa mga sulat ni Pablo) sa kaunawaan ng "pagkabukas-palad" o "kagandahang-loob" (cf. 9:11,13). Ang *Jerome Biblical Commentary* (p. 284) ay iniisip na ang salita ay nagpapakilala ng isang Hebreong terminong ang kahulugan ay "kasakdalan" o "integridad" at, samakatuwid, ay tumutukoy sa kanilang kadalisayan ng mga motibo. Ang layuni sa ating pagkakaloob ay ang susi (cf. v. 12). Tingnan ang buong tala sa 1:12.

**8:3** Nakita ni Pablo ang kanilang kahirapan nang tuwiran.

▣
**NASB** **"*nagsiabuloy sila* sa sariling kalooban"**
**NKJV** **"sila ay malayang nagkaloob"**
**NRSV** **"sila ay kusang nagkaloob"**
**TEV** **"ng kanilang sariling malayang pagpili"**
**NJB** **"ito ay sa kanilang sariling kusa"**

Ang terminong ito ay mula sa *autos* at *haireomai*, na nangangahulugang "mga sariling pagpili." Ito ay ginamit sa kapwa II taga-Corinto 8:3 at 17. Ang salitang ugat ng terminong ay may karagdang kahulugan sa pagpili na may katuwaan o pag-ibig (cf. Mateo 12:18, na isang sipi mula sa Awit ng Naglilingkod ng Isaias 42:1-3). Ito ay ginamit sa (1) II Maccabeo 6:19 at III Maccabeo 6:6; 7:10 at (2) ang Koine papyri mula sa Ehipto sa isang tao na kumikilos nang malaya sa kaniyang sariling kusa.

*A Handbook on Paul's Second Letter to the Corinthians* nina Roger L. Omanson at John Ellington ay ipinapakita papaanong ang Ingles na mga salin ay nagkakaiba sa gramatika kung saan sugnay ang maidudugtong sa pariralang ito.

> "Ang mga salitang ito ay maaaring maituring na isang bahagi ng pangungusap na nauuna, kung baga, ang mga taga-Macedonia ay nagkaloob ng kanilang sariling malayang pagpili (ganyan sa RSV, NRSV, NJB, SPCL), o sa pangungusap na sinundan sa talata 4, kung baga, ng kanilang sariling malayang pagpili, sila ay nakiupsa na maging bahagi sa pagkakaloob (ganyan sa TEV, NIV, REB, NJB, TNT, FRCL). Ang mas huling pagpapaliwanag ang sinusundang pagbabantas ng UBS *Greek New Testament* at maaaring mas katulad nito" (p. 142).

**8:4 "Na lubhang ipinamamanhik"** Tingnan ang buong tala sa pariralang ito sa 1:4-11.

▣ **"sa pakikisama sa pangangasiwa"** Para sa "kabutihang-loob" tingnan ang tala sa 8:1. Ang terminong "pakikilahok" (i.e., *koinōnia*) ay kadasalang ginagamit ni Pablo sa kanyang mga sulta sa Corinto mga sulat sa marami, ngunit kaugnay, na mga kaunawaan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9.

1. napakalapit, malapit, mga personal na ugnayan (kaugnay na terminong *koinōneō* na kadasalang ginagamit na pagpapakilala ng mga bagong kasapi sa mga mahiwagang relihiyon)
   a. kasama ang Anak, I taga-Corinto 1:9
   b. kasama ang Espiritu, II taga-Corinto 13:14
   c. hindi sa kasamaan, II taga-Corinto 6:14
   d. sina Tito at Pablo sa ministeryo, II taga-Corinto 8:23
2. kagandahang-loob (kaugnay na terminong *koinōnikos* na nangangahulugang masaganang pagbabaha-bahagi ng sariling mga ari-arian), II taga-Corinto 9:13
3. pakikilahok sa anumang bagay
   a. I taga-Corinto 10:16 (i.e., sa dugo ni Kristo)
   b. II taga-Corinto 8:4 (i.e., sa pagkakaloob para sa mahihirap na mga banal sa Herusalem)
   c. II taga-Corinto 1:7 (i.e., sa pagdurusa)

Mayroong isang maliwanag na paglalaro sa salita sa pagitan ng pakikilahok (*koinōnia*) at pagtulong (o ministeryo, *diakonia*). Ang salitang ito para sa ministeryo o paglilingkod ay lubhang madalas gamitin sa II taga-Corinto.

1. *diakonos* (lingkod), 3:6; 6:4; 11:15,23
2. *diakoneō* (naglilingkod), 3:3; 8:19,20
3. *diakonia* (paglilingkod), 3:7,8,9; 4:1; 5:18; 6:3; 8:4; 9:1,12,13; 11:8

Ang Kristiyanismo ay paglilingkod. Tayo ay naligtas upang maglingkod!

▣ **"ng mga abuloy"** Tingnan ang tala sa I taga-Corinto 16:1.

▣ **"mga banal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

**8:5 "ibinigay muna nila ang kanilang sarili sa Panginoon, at sa amin sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos"** Ang pagkakatiwala ay kinapapalooban ng lahat ng bagay na nasa atin at ating taglay. Kung ipinagkaloob mo ang iyong sarili sa Panginoon wala nang maiiwang maipagkakaloob! Ang Kristiyanong pagkakatiwala ay isang panukat ng ating espirituwal na paglago. Ang mga mananampalataya ay mga may-ari ng wala at mga katiwala ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang katotohanang ito ay minsan mas madaling maunawaan at sundin ng mahihirap na tao kaysa sa mga mayayamang tao.

**8:6 "Tito"** Sa *Paul: Apostole of Heart Set Free*, ni F. F. Bruce ay nagbigay ng puna sa teoriya na ang mga kabanata 10-13 ay isang bahagi ng isang nakalipas na sulat, "ngunit ito ay itinuturing na hindi maaari ng 12:18, na tila maliwanag na tumukoy pabalik sa 8:6,16-19" (p. 274 tala sa ibaba 51).

▣ **"gumanap ng biyayang ito"** Ito ay tumutukoy sa pagkakaloob mula sa mga Hentil na iglesiya ni Pablo para sa mahihirap ng pinagmulang iglesiya sa Herusalem (cf. I taga-Corinto 16:1-4; taga-Roma 15:26). Sa *Jesus and the Rise of Early Christianity*, si Paul Barnett ay gumawa ng isang mabuting punto patungkol sa pagkakaiba sa mga termino na ginamit ni Pablo upang ilarawan ang pagkakaloob ng pag-ibig para sa mga mahihirap na mananampalataya sa Herusalem.

> "Ang pagsamo ay makikilala sa kanyang sariling talasalitaan: 'pagkakaloob para sa mga banal' (1 taga-Corinto 16:1); 'kaloob' (1 taga-Corinto 16:3); 'biyaya' (2 taga-Corinto 8:6, 7, 9; 9:14); 'paglilingkod' (2 taga-Corinto 9:12; cf. taga-Roma 15:27) at 'pakikipag-ugnayan' (2 taga-Corinto 8:4; 9:13; Rom 15:26)" (p. 344).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:7-15

**[7]Datapuwat yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay, sa pananampalataya, at pananalita, at kaalaman, at sa buong kasipagan, at sa inyong pag-ibig sa amin ay *tingnan na* magsisagana naman kayo sa biyayang ito. [8]Hindi ako nangungusap *ng ganito* na tulad sa naguutos, kundi gaya ng sumusubok sa pamamagitan ng kasipagan ng iba ang katapatan naman ng inyong pag-ibig. [9]Sapagkat nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, na, bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo. [10]At sa ganito'y ibinibigay ko ang *aking* pasiya: sapagkat ito'y nararapat sa inyo, na naunang nangagpasimula na may isang taon na, hindi lamang sa paggawa, kundi naman sa pagnanais *na gawin ito*. [11]Datapuwat ngayo'y tapusin din naman ninyo ang paggawa; upang kung *paanong nagkaroon* ng kahandaan ng pagnanais, ay gayon din namang *magkaroon* ng pagkatapos ayon sa inyong kaya. [12]Sapagkat kung may kahandaan, ay tinatanggap ayon sa tinataglay *ng isang tao*, hindi ayon sa di tinataglay. [13]Sapagkat hindi ko sinasabi ito upang ang mga iba ay magaanan at kayo'y mabigatan; [14]Kundi *dito* ayon sa pagkakapantay-pantay: ang inyong kasaganaan ay naging abuloy sa panahong ito sa kanilang kakulangan, upang ang kanilang kasaganaan naman ay maging abuloy sa inyong kailangan; upang magkaroon ng pagkakapantaypantay. [15]Gaya ng nasusulat, ANG *nagtipon* NG MARAMI AY HINDI NAGLABIS; AT ANG *nagtipon* NG KAUNTI AY HINDI KINULANG.**

**8:7 "yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay"** Pansinin na ang talata (i.e., pananampalataya, pasasalita, kaalaman, kasigasigan, pag-ibig) ay walang kaugnayan sa mga materyal na bagay. Hindi tayo nagkakaloob upang mas maraming bagay na matanggap para sa ating mga sarili. Tayo ay nananagana sa Kanya (cf. I taga-Corinto 1:5). Siya ang nagtutustos ng lahat ng ating pangangailangan (cf. 9:8).

▣ **"nagsisisagana"** Ang terminong ito ay ginamit nang dalawang beses sa talatang ito. Ang una ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, sila ay nananagana sa mga pagpapala ng ebanghelyo. Ang ikalawa ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI, na nagdadagdag ng isang tala kalabuan. Gaya na kanilang pananagan sa mga pakinabang ng Bagong Kasunduan, sila ay dapat managana sa mga responsibilidad. Ang kanilang tulong para sa mahihirap sa iglesiya sa Herusalem ay isa sa "mga mapagbiyayang gawain."

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa inyong pag-ibig sa amin"** |
| **NKJV, TEV** | **"sa inyong pagmamahal sa amin"** |
| **NRSV** | **"sa ating pag-ibig sa inyo"** |
| **NJB** | **"at gayundin sa pag-ibig"** |

Ang mga saling ito ay naghahayag ng Griyegong kaibahan.

1. "sa ating pag-ibig sa inyo" (NRSV) mula sa MSS $P^{46}$, B
2. "sa inyong pag-ibig sa amin" (NKJV, TEV, NIV) mula sa MSS א, C, D, F, G
3. NASB ay kinukuha ang opsyon #1, ngunit may bahagyang pagkakaiba sa pagtuon, "ang pag-ibig na aming pinukaw sa inyo"
4. ang $UBS^4$ ay inilalagay ang opsyon #1 sa teksto, ngunit binibigyan ito ng isang "C" na antas.

Ang katulad na pagkalito sa PANGHALIP ay makikita sa Griyegong mga kaibahan sa v. 9.

**8:8 "Hindi ako nangungusap na tulad sa naguutos"** Ang mga kautusan ay di-nararapat at hindi mabisa sa bahagi ng Kristiyanong pagkakatiwala. Mga wastong motibo ay napakahalaga sa bahaging ito ng Kristiyanong buhay.

## NATATANGING PAKSA: IKAPU

Ang Mateo 23:23 at Lucas 11:42 ay ang tanging NT sanggunian sa ikapu. Ako ay hindi naniniwala na ang NT ay nagtuturo ng ikapu sapagkat sa ang kabuuang tagpuan na ito ay laban sa "pagpulot ng lisat" na Hudyong legalismo at sariling pagmamatuwid. Ako ay naniniwala sa NT mga gabay para sa karaniwang pagbibigay (kung mayroon man) ang matatagpuan sa II Corinto 8 at 9, na lumalagpas ng higit sa pagbibigay! Kung ang isang Hudyo na ang tanging impormasyon sa OT ay ang inuutos na magbigay ng sampu hanggang tatlumpung porsyento (mayroong dalawa, o posibleng tatlo, kinakailangag mga ikapu sa OT), samakatuwid ang mga Kristyano ay dapat magbigay ng higit pa at hindi man lang magkaroon ng oras na talakayin ang mga ikapu!

Ang NT mga mananampalataya ay dapat na maging maingat na gawin ang Kristyanismo tungo sa isang legal na batay sa pagsasagawa koda (Kristyanong Talmud). Ang kanilang nais ay mapalugod ang Diyos ay nagdulot sa kanila na subukang maghanap ng mga gabay para sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Gayunpaman, sa teolohikal ito ay mapanganib na hugutin nag lumang tipanang alituntunin na hindi pinaninindigan sa NT (cf. Gawa15) at gawin silang dognatikong kriterion, lalo na kapag sila ay inangkin (ng mga modernong mangangaral) na nagdudulot ng kalamidad o nangangako ng kasaganann (cf. Malakias 3).

Narito ang isang mabuting sipi mula kay Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 292-293:

> "Ang Bagong Tipan ay hindi nagpapakila ng ikapu sa biyaya ng pagbibigay. Ang mga ikapu ay binagnggit lamang ng tatlong beses sa Bagong Tipan: (1) sa pagbabawal ng mga Fareseo para kaligtaan ang katarungan, habag, at pananampalataya habang ang pagbibigay ay masusing iniingatan sa pag-iikapu ng maging ang hardin ay makapamunga (Mateo 23:23; Lucas 11:42); (2) sa paglalantad ng mayabang na Fareso na 'nanalangin para sa kanyang sarili,'nagmamayabang na siya ay nag-aayuno ng dalawang beses ng isang linggo at nagikapu ng lahat ng kanyang ari-arian (Lucas 18:12); at (3) sa pakikipagtalo para sa pagiging superiyor ni Melchizedek, at kaya kay Christ, kay Levi (Hebreo 7:6- 9) Malinaw na si Hesus ay nag-aproba ng ikapu bilang bahagi ng Templong sistema, gaya ng sa prinsipyo at praktis sinusuportahan Niya ang pangkalahatang pagsasagawa ng Templo at sinagoga. Ngunit walang indikasyon na ipinapataw Niya ang anumang bahagi ng kultura ng Templo para sa Kanyang tagasunod. Ang mga ikapu ay pangunahing pinakakakitaan, dati ay kinakain sa santwaryo sa pamamagitan ng isang ikapu at ang huli ay kinakain ng mga saserdote. Ang pag-iikapu ay itinakda sa Lumang Tipan ay madadala lamang sa relihiyosong sistema na itinatag sa paligid ng sistema ng pagsasakripisyo ng hayop
> .
>
> Maraming mga Kristyano ang nakita ang ikapu bilang isang patas at gumaganang plano sa pagbibigay. Kaya habang ito ay hindi ginagawa na isang pamimilit o isang legalismong sistema, maaring mapatunayan na ito ay masayang plano. Gayunpaman, walang sinoman ang makakapagpatunay ng balidad na ang ikapu ay itinuturo sa Baging Tipan. Ito ay kinilala bilang ang nararapat para sa pagoobserba ng mga Hudyo (Mateo 23:23; Lucas 11:42), ngunit ito ay hindi ipinapataw sa mga Kristyno. Sa katonayan, posiblen na ngayon para sa mga Hudyo o mga Kristyano na mag-ikapu sa Lumang Tipan na pakahulugan. Ang pag-iikapu sa ngayon ay malamyang kawangis ng sinaunang ritwal na praktis na nagmumula sa sakripisyal na sistema ng mga Hudyo.

Si Paul Stagg ay binuod ito:

> "Habang higit ang maaring sabihin para sa paghihiram sa ikapu ng kusang loob bilang ang pamantayan para sa pagbibigay ng sinoman ng walang matinding pagpapataw nito sa ibang mgatao bilang ang Kristyanong kinakailangan, ito malinaw na sa pag-aangkop ng gaya niyon ang isang tao ay hindi nadadala ang Lumang Tipan na pgawain. Sa pinakahalaga ang isang tao ay ginagawa ang isang bagay ng bahagyang analogo sa ikapung pagsasagawa ng Lumang Tipan, na isang suportang buwis sa Templo at saserdoteng sistema, isang panlipunan at panrelihiyong sistema na hindi na umiiral. Ang pag-iikapu ay obligasyon sa Judaismo bilang isang buwis hanggang sa pagkawasak ng Templo noong A.D. 70, ngunit ang mga ito ay hindi na umiiral sa mga Kristyano.
>
> "Hindi ito pagpapababa sa pag-iikapu, ngunit ito ay upang maliwanagan ang relasyon nito sa bagong tipan. Ito ay upang pabulaanan na ang Bagong Tipan ay sumusuporta sa mga pamimilit. legalistiko, kumikitang motibo at ang pagbabarat na madalas na kinakikitaan ng pagiging maakit ng ikapu sa panahon ngayon. Bilang isang kusang-loob na sistema, ang pag-iikapu ay nag-aalok ng higit pa; ngunit ito ay dapat na tubusin sa pamamagitan ng biyaya kung ito ay magiging Kristyano. Ang ikatuwiran na 'ito ay gumagana' ay tanging hiramin ang pragmatikong pagsusulit ng mundo. Marami ang 'gumagana' na hindi makaKristyano. Ang pag-iikapu, kung ito ay magiging kasundo ng Bagong Tipang teolohiya, dapat na mag-ugat sa

biyaya at pag-ibig ng Diyos."

▣
**NASB** **"kundi gaya ng sumusubok sa pamamagitan ng kasipagan ng iba ang katapatan naman ng inyong pag-ibig"**
**NKJV** **"ngunit sinusubukan ko ang katapatan ng inyong pag-ibig sa katapatan sa iba"**
**NRSV** **"ngunit aking sinusubukan ang kadalisayan ng inyong pag-ibig laban sa kasigasigan ng iba"**
**TEV** **"ngunit sa pagpapakita kung paano kasigasig tumulong sa iba, sinusubukan kong alamin kung gaano katotoo ang inyong sariling pag-ibig"**
**NJB** **"ngunit ang pagsubok ng pagkatotoo ng inyong pag-ibig laban sa kapakanan ng iba"**

Hinahamon ni Pablo ay ang mga iglesiya Acaya na sumunod sa pangunguna ng mga iglesiya sa Macedonia (cf. vv. 1-5) sa pagdalaw ni Tito (cf. vv. 6,16-24).

▣ **"sumusubok"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:13.

**8:9 "ang biyaya"** Tingnan ang tala sa 8:1.

▣ **"ng ating Panginoong Hesukristo"** Tingnan ang tala sa 1:2.

▣ **"bagaman siya'y mayaman"** Ito ay tumutukoy sa kaluwalhatian ni Hesus, ang Kristo bago pa ang pasimula (cf. Juan 1:1; 8:56-59; 16:28; 17:5,24; II taga-Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-8; I Juan 1:1).

▣ **"gayunma'y nagpakadukha dahil sa inyo"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pagkakatawang-tao ng *Logos* bago pa ang pasimula sa sabsaban sa Bethlehem. Siya ay ipinanganak sa isang bata, birhen na babaeng magbubukid, sa buhay ng isang karpentero ng nayon, ngunit Siya ay Diyos sa pantaong anyo (cf. George Ladd, *A Theology of New Testament*, pp. 241-242).

▣ **"upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo."** Si Pablo ay ginagamit ang pagkakatawang-tao ni Hesus sa dalawang paraan.

1. Siya ay dumating upang mamatay sa ating lugar para sa ating mga kasalanan (cf. Marcos 10:45).
2. Siya ay dumating upang magbigay sa ating isang halimbawa na susundan (cf. I Juan 3:16).

Ang napakalaking kaisipang ito ay kaagapay ng 9:15. Iniisip ng iglesiyang ito na sila ay mayaman na (cf. I taga-Corinto 4:8). Ngayon ang tunay na kahulugan ng kayamanan ay maliwanag na sa espirituwal at nakatuon sa paglilingkod, hindi makasarili o intellektuwal, o ukol sa mga bagay ng mundo.

**8:10 "sa ganito'y ibinibigay ko ang *aking* pasiya"** Bagaman ipinapahayag ni Pablo na ito ay kanyang palagay, dahil sa kanyang mga pagpuna sa I taga-Corinto 7:25,40 ito ay isang makapangyarihang (i.e., kinasihang) pahayag.

▣ **"na naunang nangagpasimula na may isang taon na"** II taga-Corinto ay naisulat na sa pagitan ng anim at labing-walong buwan pagkatapos ng I taga-Corinto (cf. II taga-Corinto 16:1- 4).

**8:11 "ngayo'y tapusin din naman ninyo ang paggawa"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Sila ay isa sa unang mga iglesiya na sa simula ay nagnanais na tumulong sa mahihirap sa Herusalem. Ngayon ito na ang panahon na gawin ito (cf. TEV).

▣
**NASB, NKJV** **"kahandaan"**
**NRSV** **"kasigasigan"**
**TEV** **"maging masigasig"**
**NJB** **"sigasig"**

Ito ay ang Griyegong salitang *prothumia*, na ginamit din sa v. 12 at v. 19 gayundin sa 9:2. Ang payak na kahulugan nito ay "kahandaan, pagkamaagap" (cf. Mga Gawa 17:11).

▣ **"magkaroon ng pagkatapos ayon sa inyong kaya"** Pansinin na si Pablo ay muling bumalik sa paksang ito. Ito ay lubhang nakakagulat para sa akin na si Pablo ay hindi kailanman nagtalakay ng karaniwang Kristiyanong pagkakaloob. Ang kanya lamang mga pagpuna sa "pagkakaloob" ay maiuugnay minsanang kaloob para sa iglesiya sa Herusalem. Kanypinagmulangmin na ang isang manggagawa ay karapat-dapat sa kanyang kita at ang mga iglesiya ay kailangang tumulong sa mga naglalakbay na

misyonero, ngunit hindi na nagbigay ng mga karagdagang patnubay.

Ang mga Bagong Kasunduan na mananampalataya ay kailang mag-ingat sa pagpapatunay-teksto ng pangkultong saligan sa OT sa isang NT na kalalagayan (cf. *Hard Sayings of Bible*, 539 tala sa ibaba #1). Kung nagpapahayag tayo na ang pagbibigay ng ikapu ay ang kalooban ng Diyos, ano ang magpipigil sa iba mula sa pinag-uutos na alay o pagsamba sa Sabbath? Hindi binanggit ni Hesus ang ikapu sa pakikipag-usap sa isang Hudyong legalista (cf. Mateo 23:23; Lucas 11:42), ngunit hindi nito maaangkin ang tanging NT na katibayan sa ganitong OT na gawain ay napapatuloy na wasto (tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:8).

Hindi ko sinusubukang ibaba ang dapat ipagkaloob ng mga mananampalataya, ngunit patingkarin ang mga patnubay ni Pablo sa II taga-Corinto 8-9 na tanging impormasyon sa NT (tingnan din ang I taga-Corinto 16:2). Ang mga mananampalataya ay hindi dapat magkasya sa isang OT na pamantayan! Basahin muli si Pabloo (cf. Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 285-293).

**8:12 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ipinalalagay ni Pablo na sila ay handa at sabik na magkaloob.

▣ **"tinatanggap ayon sa tinataglay *ng isang tao*, hindi ayon sa di tinataglay"** Ang susi sa Kristiyanong pagkakatiwala ay ating pag-uugali at layunin (motibo), hindi ang halaga o bahagdan (cf. Marcos 12:41-44).

**8:13-14** Ang susing salita sa dalawan mga talata ay "pagkakapantay-pantay" at ang susi konsepto ay katumbasan. Ang pamilya ng Diyos ay dapat nagtutulungan sa bawat-isa (cf. taga-Efeso 4:28). Ang Herusalem na iglesiya ay pinalaganap ang mabuting balita ni Kristo (cf. taga-Roma 15:27). Ang Hentil na mga iglesiya ay maaaring tumulog sa pagtutustos para sa mananampalatayang mahirap sa Herusalem. Ang ilan ay maaaring mahirap dahil sa kanilang pananampalataya kay Kristo.

▣ **"kabigatan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kapighatian sa II taga-Corinto 1:4.

**8:15 "Gaya ng nasusulat"** Ito na GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (Hebreong wikain) ay ginamit upang ipakilala ang isang OT na sipi. Ito ay nagpapahiwatig ng ang banal na inspirasyon at walang hangang kaugnaya ng Banal na Kasulatan. Ang tekstong sinipi ay maiuugnay sa himala ng araw-araw na pagtitipon ng manna kung saan bawat Israelita ay may kasapatan (cf. Exodo 16:17,18). Ang Diyos ang magkakaloob sa mga pangangailangan g mga mananampalataya sa kanilang pagsamo at pagsunod sa Kaniya (cf. Mateo 6:19-34).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:16-24

**[16]Datapuwat salamat sa Diyos, na naglalagay sa puso ni Tito niyaong masikap na pagiingat sa inyo. [17]Sapagkat tunay na tinanggap niya ang aming pamanhik, ngunit palibhasa'y lubha siyang masikap, ay napariyan sa inyo sa kaniyang sariling kalooban. [18] At sinugo naming kasama niya ang kapatid na ang kaniyang kapurihan sa *mga bagay ng* ebanghelyo *ay kumalat* sa lahat ng mga iglesiya [19]At hindi lamang *gayon*, kundi siya naman ang inihalal ng mga iglesiya na maglakbay na kasama namin tungkol sa biyayang ito, na pinangangasiwaan namin sa ikaluluwalhati ng Panginoon, at *upang ipamalas* ang aming kahandaan: [20]Na iniilagan ito, na sinoma'y huwag kaming pabulaanan tungkol sa bukas-palad na kaloob na ito na aming pinangangasiwaan: [21]Sapagkat iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng mga tao. [22]At aming sinugong kasama nila ang aming kapatid, na aming nasubok na madalas na masikap sa maraming bagay, datapuwat ngayon ay lalo nang masikap, dahil sa malaking pagkakatiwala niya sa inyo. [23]Kung may magsiyasat tungkol kay Tito, *siya'y* aking kasama at kamanggagawa sa pagpapagal sa inyo; o sa aming mga kapatid, *sila ay* mga sugo ng mga iglesiya, at kaluwalhatian ni Kristo. [24]Inyo ngang ipakita sa kanila sa harapan ng mga iglesiya ang katunayan ng inyong pag-ibig, at ng aming pagmamapuri dahil sa inyo.**

**8:16-17 "Datapuwa't salamat sa Diyos, na naglalagay sa puso ni Tito niyaong masikap na pagiingat sa inyo"** Pansinin ang kaunawaan ni Pablo sa pagpapalakas (cf. taga-Efeso 4:12) at pag-uudyok ng Diyos para sa ministeryo. Ang katulad na kaunawaan sa makapangyarihang pamumuno ng Diyos sa mga kapakanan ng sangkatauhan ay makikita rin sa Pahayag 17:17. Ito ang hiwaga ng pagka-soberano ng Diyos at malayang pagpili ng tao.

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunito ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang

kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay pinili tao Diyos at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga pang-doktrinang na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban sa Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban sa Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

**8:16-24** Ang mga talatang 16-24 ay tila isang sulat ng pagtatagubilin para kay Tito. Tingnan ang mas buong tala sa 3:1. Isang maikling talambuhay ni Tito ang susunod.

1. Si Tito ay isa sa mga pinagkakatiwalaang kamanggagawa ni Pablo. Ito ay mapapatunayan sa katotohanan na si Pablo ay ipinadala siya sa mga magugulong lugar ng Corinto at Creta.
2. Siya ay isang buong Hentil (si Timoteo ay kalahating-Griyego lamang), nagbagong-buhay sa ilalim ng pangangaral ni Pablo. Si Pablo ay tumangging tuliian siya (cf. taga-Galacia 2).
3. Siya ay kadalasang binabanggit sa mga sulat ni Pablo (cf. II taga-Corinto 2:13; 7:6-15; 8:6-24; 12:18; taga-Galacia 2:1-3; II Timoteo 4:10) at ito ay lubhang nakakagulat sa si Lucas ay hindi siya nabanggit sa Mga Gawa. Ang ilang mga komentarista ay nagbigay-teoriya na (1) siya ay maaaring isang kamag-anak ni Lucas (maaaring isang kapatid na lalaki) at ang isama ang kanyang pangalan ay maaaring makita bilang isang gawaing walang kaangkupan sa kultura sa bahagi ni Lucas o (2) si Tito ay ang pangunahing pinagmulan ni Lucas ng impormasyon patungkol sa buhay at ministeryo ni Pablo at, samakatuwid, tulad ni Lucas, ay hindi pinangalanan.
4. Kanyang sinamahan sina Pablo at Bernabe sa lahat ng mahahalagang konseho sa Herusalem, na nakatala sa Mga Gawa 15.
5. Isang sulat kay Tito ay tumutuon sa tagubilin na ibinigay ni Pablo kay Tito patungkol sa kanyang gawain sa Creta. Si Tito ay gumaganap bilang opisyal na kinatawan ni Pablo.
6. Ang huling impormasyon sa NT patungkol kay Tito ay siya ay ipinadala sa gawain sa Dalmatia (cf. II Timoteo 4:10).

**8:16 "puso"** Si Pablo ay gumagamit ng ang terminong ito nang madalas sa II taga-Corinto (cf. 1:22; 3:2-3,15; 4:6; 5:12; 6:11; 7:3; 8:16; 9:7). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 14:25.

**8:18 "At sinugo naming kasama niya ang kapatid na ang kaniyang kapurihan sa *mga bagay ng* ebanghelyo *ay kumalat* sa lahat ng mga iglesiya"** Ang tradisyon sa iglesiya ay nagpapahayag na ito ay maaaring kamanggagawa ni Pablo, si Lucas. Si Lucas ay hindi isinama sa tala ng mga naglalakbay na kasama ni Pablo na nakatala sa Mga Gawa 20:4, ngunit ang "tayo" na bahagi, na nagpapahiwatig ng presensiya ni Lucas at nagsimula sa Mga Gawa 20:5-6, ay nangyari sa puntong ito ng konteksto (cf. si Origen itinala sa Eusebius, *Hist. Eccl.* 6:25:6; A. T. Robertson' *Word Pictures in the New Testament*, p. 245).

F. F. Bruce, *Paul: Apostle of Heart Set Free*, ay nagbigay na puna kina Tito at Lucas na mga magkapatid.

"Ang isa sa paliwanag ng katahimikan ni Lucas patungkol sa isang pinakakatiwalaang tenyente ni Pablo na si Tito ay siya ang kapatid ni Lucas; cf. W. M. Ramsay, *St. Paul the Traveller and the Roman Citizen* (London, 1895),

p. 390; *Luke the Physician and Other Studies* (London, 1908), pp. 17 f.; A. Souter, 'Isang Minumungkahing Ugnayan sa pagitan nina Tito at Lucas', *Expository Times* 18 (1906-7), p. 285, at "Ang Ugnayan sa pagitan nina Tito at Lucas', *ibid*., pp. 335 f. Ngunit kung ang pakikipag-ugnayang ito ay pamamanatili, ngayon, ang posibilidad na si Lucas ay 'kapatid' ng 2 taga-Corinto 8:18 f. (tingnan ang p. 320) ay mababaliwala: ang layunin ni Pablo sa pagpapadala ng 'kapatid' kasama si Tito ay siya ang dapat na maging isang malayang mag-gagarantiya ng katapatan sa pangangasiwa ng pantulog na nalikom, at ang layuning ito ay maaaring mabigo kung ang mga kritiko ay binigyan ng pagkakataon na ilapit ang kanilang pansin sa ang malapit na ugnayan sa pagitan ng dalawa. Wala nang mas higit pang matatantiya na magpatindi ng nananatili nang pagduruda" (p. 339 tala sa ibaba #5).

M. R. Vincent's *Word Studies* ay nagbanggit ng isa pang teoriya.

"Ang tao na tumutukoy sa magkakaibang pagkakakilala sa kapatid ni Tito, sina Bernabe, Marcos, Lucas, at Epaeneto, na binanggit sa taga-Roma 16:5. Ang sanggunian kay Epaeneto ay hinihimok batay sa isang paglalaro ng salitang *pagpuri, epainos*; ang Epaeneto ay nangangahulugang kapuri-puri; at ang kaagapay na sinipi sa kalagayan ni Onesimus, *kapaki-pakinabang* kung saan sinabi ni Pablo na siya simula ngayon ay *mapapakinabangan*, Filemon v.11" (p. 830).

**8:19 "ngunit siya naman ang inihalal ng mga iglesiya"** Ang PANDIWA ay *cheirotoneō*, na isang tambalan mula sa "kamay" at "iunat." Ito sa orihinal ay tumutukoy sa isang boto sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay. Hindi ito maaaring mangahulugang ganito sa Mga Gawa 14:23, ngunit nagpapahiwatig nito dito sa II taga-Corinto 8:19.

Dito ay isa pang halimbawa ng kaayusan sa pagkakatipon na nauugnay sa maraming iba't-ibang mga pagtitipon. Tingnan ang mas buong tala sa I taga-Corinto 16:3.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na maglakbay na kasama namin tungkol sa biyayang ito"** |
| **NRSV** | **"na maglakbay na kasama namin na may kaloob"** |
| **NKJV** | **"na maglakbay kasama namin habang kami ay tumutupad ng bukas-palad na gawain"** |
| **TEV** | **"na maglakbay kasama namin habang aming dinadala ang paglilingkod pag-ibig"** |
| **NJB** | **"na maging kasaman nating sa paglalakbay sa bukas-palad na gawain"** |

Si Pablo ay palaging nababahala patungkol sa paratang sa kanyang maling paghawak ng salapi (cf. v. 20; 11:9,12). Samakatuwid, nais niyang kumuha ng maraming rmga kinatawan mula sa ang iba't-ibang mga iglesiya na kasama niya upang ipagkaloob ang mga kaloob mula sa Hentil na mga iglesiya patungo sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem.

▣ **"sa ikaluluwalhati ng Panginoon, at *upang ipamalas* ang aming kahandaan"** Ang salaping kaloob na ito ay may maraming mga layunin. Dalawa ang inihayag dito.

1. upang maluwalhati ang Panginoon
2. upang ipakita ang kahandaang tumulong ng Hentil na mga iglesiya sa pinagmulang iglesiya sa Palestina

Ito ay maaaring makatulong kay Pablo na ipakita kanyang debosyon at katapatan sa mananampalatayang Hudyo na bahagi ng pangkalahatang iglesiya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7.

Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan na nauugnay sa "Kanyang sarili." Ang katumbas na PANGHALIP ay makikita sa dalawang anyo,

1. *auto* – MSS א, $D^1$
2. *autēn* – MS P
3. tinanggal sa unsyanong MSS B, C, $D^*$, F, G, at L (NJB)

Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa opsyon #1 ng isang "C" na antas na nangangahulugang ang tekstuwal na lupon ay hindi makapagpasya.

**8:20 "Na iniilagan ito"** Ang pariralang "nag-iingat" (i.e., "umiiwas," isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI na dito lamang ginamit at sa II taga-Thesalonica 3:6) ay isang talinghagang nauukol sa paglalayag para sa dagdag na pag-iingat sa pagtangan ng mga naglalayag kapag papalapit sa pantalan (cf. Moulton at Milligan, p. 587 mula sa *Homer*).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"pabulaanan"** |
| **NKJV, NRSV** | **"sisihin"** |
| **TEV** | **"magpakilos ng anumang sumbong"** |
| **NJB** | **"magkaroon ng anumang paratang"** |

Ito ay ang Griyegong terminong *mōmos*, na nangangahulungang sinisi, linibak, hiniya, o pwersahin (cf. II Pedro 2:13). Ang PANDIWA dito (i.e., AORIST PANGGITNANG [deponent] PASAKALI) ay nagpapahiwatig ng "paghanap ng kamalian," "mamintas," o "manisi" (cf. 6:3; 8:20).

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV "sa bukas-palad na kaloob"**
**NKJV "malabis kaloob"**
**NJB "malaking salapi"**

Ito ay hindi karaniwang termino para sa kaloob. Ito ay ginamit sa Septuagint para sa mga malagong nasa tamang gulang (cf. II Samuel 15:18; I Hari 1:9) at ng mga pinuno (cf. II Samuel 15:18; II Hari 10:6,11; Isaias 34:7). Mula sa Griyegong panitikan ito ay ginamit sa nahinog na bindi o isang bagay na makapal. Ito ay matatagpuan lamang dito sa NT.

**8:21 "Sapagkat iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri"** Ito ay tila isang sipi mula sa Kawikaan 3:4 in ang Septuagint. Ang mga mananampalataya need to be above suspicion in lahat mga bagay (cf. Mateo 10:16; taga-Roma 12:17; I taga-Thesalonica 5:22).

Ang terminong "kagalang-galang" (NASB) o "tama" (NKJV, NIV) ay ang Griyegong terminong, *kalos*, na mayroong mga pagkakaiba sa gamit.

1. maganda
2. mabuti
3. kapaki-pakinabang
4. napakahusay
5. matuwid
6. marangal
7. kilala
8. kahusayan sa pag-uugali
9. karapat-dapat
10. walang bahid-dungis
11. kaangkupan

▣ **"sa paningin ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa mga layunin ng isa at kaalaman sa Banal na Kasulatan. Kung v. 21 ay mula sa Kawikaan 3:4, ngayon, ang Panginoon ay tumutukoy kay YHWH.

▣ **"kundi naman sa paningin ng mga tao"** Ito ay tumutukoy sa ating saksi (cf. taga-Roma 14:18; taga-Filipos 2:15; 4:8; I Timoteo 3:7; I Pedro 2:12).

**8:22 "aming sinugong kasama nila ang aming kapatid"** Ito ay tila ang ikalawang kasamahan na tutupad ng pangangailangan ng OT para sa dalawang saksi (cf. Deuteronomio 17:6; 19:15). Ito ay nangangahulugang si Pablo ay tumutukoy sa kontekstong ito sa tatlong tao.

1. Tito
2. ang kapatid sa v. 18
3. ang kapatid sa v. 22

▣ **"aming nasubok na madalas"** Ang terminong ito *dokimazō* ay makikita rin sa v. 8 at isa pang anyo ng salita sa v. 2. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Griyegong Termino para sa "Pagsubok" at kanilang mga Kahulugan sa I taga-Corinto 3:13.

▣ **"sa malaking pagkakatiwala niya sa inyo"** Tingnan ang buong tala sa 3:4.

**8:23**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "*sila ay* mga sugo ng mga iglesiya"**
**TEV "sila ay kumakatawan sa mga iglesiya"**
**NJB "sila ay emisaryo ng mga iglesiya"**

Ito ay ang salitang *apostolos*, na nangahulugang "sugo" o "kinatawan." Dahil sa natatanging paggamit ng mga termino sa Ebanghelyo ni Juan na tumutukoy kay Hesus bilang "Isang Sinugo" at Kanyang pagpapadala ng Kanyang mga tagasunod, ang termino ay kumuha ng isang natatanging kaunawaan ng opisyal na kinatawan (i.e., Apostol). Dito, ito ay ginamit sa karaniwan nitong kaunawaan sa kanila (i.e., Tito at dalawang di-pinangalanang kapatid) na ipinadala upang katawanin ang mga iglesiya sa paglalakbay sa Herusalem na may kaloob. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pinadala sa I taga-Corinto 4:9.

▣ **"kaluwalhatian ni Kristo"** Ito ay tumutukoy sa v. 19. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I taga-Corinto 2:7. Ito ay maaari na sa ganitong parirala ay tumutukoy sa mga iglesiya na nagpadala ng mga kaloob.

**8:24** Ang *exegetical* na katanungan ay sino ang pinapatungkulan ng "sila"?

1. Ito ay maaaring tumutukoy sa mahihirap sa iglesiya ng Herusalem. Ang iglesiya sa Corinto ay nagpamalas ng kanilang pag-ibig sa pamamagitan ng kanilang kaloob para sa pinagmulang iglesiya. Ang kanilang pagiging bukas-palad ay nagpapakita na ang ibang Hentil na mga iglesiya ay nakikipagtulungan at sumusunod sa pamumuno ni Pablo.
2. Ito ay maaaring tumutukoy sa ang ibang mga iglesiya mismo. Ang pinakamainam na opsyon sa konteksto at

gramatika ay #2.

▣ **"ipakita sa harapan"** Tingnan ang buong tala sa 1:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pagkakaiba ng pagkakaloob sa NT at pagkakaloob sa OT?
2. Ang ikapu ba ay isang pagkalahatan o pangkulturang katotohanan? Bakit o bakit hindi?
3. Paanong ang pagkakaloob ay masusukat katulad sa mga taga-Macedonia?
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaloob at pagiging-katiwala.
5. Sino ang kapatid na binanggit sa v. 18?

# II MGA TAGA-CORINTO 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkakaloob para sa mga Banal | Pangangasiwa ng mga Kaloob | Ang Gugol para sa Pangangailangan ng Iglesiya sa Herusalem | Tulong para sa Nangangailang mananampalataya | Ang Kinatawang Inimungkahi sa mga taga-Corinto |
| | | (8:1-9:15) | | (8:1-9:5) |
| 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | Pagpapalang Inaasahan mula sa mga Pagkakaloob |
| | Ang Magiliw na Nagkakaloob | | | |
| 9:6-15 | 9:6-15 | 9:6-15 | 9:6-15 | 9:6-9 |
| | | | | 9:10-15 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Kailangang matandaan na ang mga kabanata 8 at 9 ay bumubo ng isang pampanitikang kaisahan. Gayundin, sa ilang pagkakataon ay kaagapay. Marahil, pinagsama ni Pablo ang dalawang pangangaral sa Kristiyanong pagkakaloob.

B. Ang dalawang kabanatang ito na magkasama, sa aking palagay, ay ang depinitibong NT pagtalakay pagkakatiwala (o pagiging katiwala).

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:1-5**

**1 Sapagkat tungkol sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal, ay kalabisan na sa akin ang isulat ko pa.**
**2 Sapagkat nakikilala ko ang inyong kahandaan, na aking ipinagmamapuri tungkol sa inyo sa mga taga Macedonia, na**
**ang Acaya ay nahahandang isang taon na; at ang inyong pagsisikap ay nakapagudyok sa lubhang marami sa kanila.**
**3 Datapuwat sinugo ko ang mga kapatid, upang ang aming pagmamapuri dahil sa inyo ay huwag mawalan ng**
**kabuluhan sa bagay na ito; na, ayon sa aking sinabi, kayo'y mangakapaghanda: 4 Baka sakaling sa anomang paraan**
**kung magsirating na kasama ko ang ilang taga Macedonia at kayo'y maratnang hindi nangahahanda, kami – hindi**
**magpahayag sa inyo – ay mangapahiya sa pagkakatiwalang ito. 5 Iniisip ko ngang kailangang ipamanhik sa mga**

**kapatid, na mangaunang pumariyan sa inyo, at ihanda agad ang inyong masaganang kaloob na ipinangako nang una, upang ito'y maihanda na gaya ng masaganang kaloob, at hindi gaya ng sapilitan.**

**9:1 "ito ay kalabisan"** Ito ay ang terminong *perissos*. Ito ay ginamit dito sa kaunawaan ng lagpas at nasa itaas. Ito at ang kaugnay nitong anyo ay kadalasang ginagamit sa II taga-Corinto. Madala na gumagamit si Pablo ng madamdamin o "lagpas-sa-taas" na wika. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:7.

▣ **"na sa akin ang isulat ko pa"** Ito ay di-karaniwan para kay Pablo na sabihin ito nang naisulat niya na ito sa kanila ang ganitong paksa (i.e., ang pagkakaloob mula sa kanyang Hentil na mga iglesiya patungo sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem, cf. kabanata 8).

Ang dalawang mga kabanata ay kaagapay sa espirituwal na mga prinsipyo na nauugnay sa Kristiyanong pagkakatiwala. Marahil, sila ay dalawang mga pangangaral (sermon) na pinagsama o mga bahagi ng dalawang katesismo.

▣ **"sa pangangasiwa"** Ang terminong ito (*diakonia*) ay kadasalang ginagamit sa Kristiyanong pagkakatiwala (cf. Mga Gawa 6:1; 11:29; taga-Roma 15:31; II taga-Corinto 8:4; 9:1,12,13). Dito, ito ay tumutukoy sa paglilingkod. Ang pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya sa isang mapag-biyayang Diyos at isang Mesias na ibinigay ang sarili ay naganganilangan ng isang buhay ng paglilingkod sa kapwa (cf. Juan 17:18; 20:21; I Juan 3:16). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣ **"sa mga banal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

**9:2 "nakikilala ko ang inyong kahandaan"** Si Pablo ay may pahiwatig dito sa 8:8-12,20.

▣ **"na aking ipinagmamapuri tungkol sa inyo sa mga taga Macedonia"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Si Pablo ay nagpatuloy sa pagmamapuri patungkol sa mga taga-Acaya. Sa 8:1-5 si Pablo ay ginamit ang taga-Macedonia upang pasiglahin ang mga taga-Corinto; ngayon, sa kabanata 9, sinasabi ni Pablo na kanyang ginamit ang mga taga-Acaya upang pasiglahin ang mga taga-Macedonia.

▣ **"ipinagmamapuri"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamapuri sa I taga-Corinto 5:6.

▣ **"Acaya"** Ito ay ang Romanong lalawigan sa katimugang baybayin ng Gresiya. Ito ay ayon sa 1:1, kung saan ang sulat ay naisulat para sa lahat ng mga tao ng Diyos sa Acaya. Ipinapakita nito na ang sulat ay nabasa sa maraming mga iglesiya ng lugar o sa iglesiya sa Corinto, na siyang kabisera ng lalawigan, na may malawak heograpikong impluwensiya.

▣ **"nahahandang isang taon na"** Mayroong tila isang pagsalungat sa kabanata 8. Gayunman, ang mga taga-Corinto ay nagnanais na magsimula ng pagkakaloob nang isang taong mas maaga, ngunit hindi nila natapos ito. Ang tunay na suliranin ay ang salin (ang mga anyong nagbabago ng salita ay magkatulad) ng PANDIWA.

1. kung ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG, ang dapat na salin dito ay "gumawa ng mga paghahanda"
2. kung ito ay GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG, ang dapat na salin dito ay "ay naging handa"

Sa ganang akin, ito ay dapat na GANAP NA PANGGITNANG dahil sa ang konteksto at ang katambal na PANDIWARI sa v. 3 (i.e., GANAP NA PANGGITNA).

▣ **"ang inyong pagsisikap ay nakapagudyok sa lubhang marami sa kanila"** Ang PANDIWA sa pangungusap na ito ay maaaring ginamit sa isang pasalungat na kaunawaan (cf. Septuagint ng Deuteronomio 20:21; taga-Colosas 3:21) o isang paayong kaunawaan (cf. II taga-Corinto 9:2). Tanging ang konteksto lamang ang magtatakda ng kahulugan.

**9:3 "kayo'y mangakapaghanda"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PASAKALI. Ang PANAHUNAN at TINIG ay tumutugma sa v. 2, ngunit ang PASAKALI PANAGANO ay ipinapakita dito na isang sangkap ng kawalang-katiyakan batay sa pagpapasiya ng mga mananampalataya sa Corinto na nauugnay sa pagkakaloob (lit. "bagay na ito").

**9:4 "kung na kasama ko ang ilang taga Macedonia"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ang mga kinatawang ito ay binanggit sa 8:19-24. Sa Mga Gawa 20:4, kung saan ang mga kinatawan sa Herusalem kasama ng mga kaloob na ito ay binanggit, walang mula sa Corinto ang nakatala. Ang ilang ay nagpapahayag na ito ay maaaring na si Tito, na pumunta nang mas maaga, ay kanilang kinatawan, ngunit dito, hindi pagkabanggit sa kanya sa Mga Gawa.

▣ Mayroong tatlong AORIST PASAKALING MGA PANDIWA sa v. 4 na nagpapakilala ng isang sangkap ng kawalang-katiyakan batay sa mga pagkilos ng mga iglesiya sa Acaya.

▣
**NASB "kami – hindi magpahayag sa inyo –"**
**NKJV "kami (upang huwag sabihing kayo!)"**
**NRSV "kami. . .na walang masasabi sa inyo –"**
**NJB "kami – na walang sasabihing sa inyong sarili –"**

Ang suliranin na isalin na iba't-ibang mga paraan ay maiuugnay sa PANGHALIP at paanong ito maiuugnay sa nakaraang PANDIWA ("dapat na mahiya," *kataischunthōmen*, AORIST BALINTIYAK PASAKALI, PANGMARAMIHAN). Ang UBS[4] ay ipinapakita ang tatlong mga opsyon.

1. "*lego*" (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI, PANG-ISAHAN) – MSS P[46], C[*], D, F, G
2. "*legōmen*" – (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI, PANGMARAMIHAN) – MSS א, B, C[2]
3. omit – MS K

Ang UBS[4] ay nagbibigay sa opsyon #1 ng isang "B" na antas (halos tiyak). Si Pablo ay gumagamit ng UNANG PANAUHANG PANG-ISAHAN sa vv. 1, 2, 3, at 5 (Metzger, p. 582).

▣
**NASB "sa pagkakatiwala"**
**NKJV "sa ganitong nakakatiyak na pagmamapuri"**
**NRSV "sa gawaing ito"**
**TEV "sa pakiramdam na may katiyakan sa inyo"**
**NJB "sa pamamagitan ng ating pagtitiwala sa inyo"**

Bakit dapat mahiya si Pablo at ang iglesiya sa Corinto? Ang terminong *hupostasis* (i.e., NASB, "pagtitiwala"), ayon kay Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *Greek-English Lexicon*, ay hindi dapat isalin na "pagtitiwala," ngunit dapat na "balangkas ng isipan" o maaaring "pagsasakatuparan" ng gugol para sa mahihirap sa Herusalem (cf. NRSV) (p. 847 #2 at #3). Si Pablo ay nag-aalala patungkol sa kaloob, hindi kanyang pagmamapuri. Ito ay umaakma sa paggamit ng salitang sa Hebreo 1:3. Gayunman, kapang inihahambing ang paggamit sa katulad na termino sa 11:17, "nagtitiwalang pagmamataas," ngyaon, ang isa ay mauunawaan kung bakit isinalin ng NASB sa ganitong paraan ang talatang ito.

Ang salitang "pagmamataas" (NKJV) ay di makita sa sinaunang Griyegong mga manuskrito (i.e., MSS P[46], א, B, C, D[*], F, G). Ito ay makikita sa MSS א[2], D[1]. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa pagtanggal na ito bilang isang "B" na antas (halos tiyak).

**9:5** Mayroong tatlong mga salita sa talatang ito na nagsisimula sa *pro* (i.e., bago).

1. Ipinadala ni Pablo ang mga kinatawan ng iglesiya nang mas maaga (*proerchomai*, cf. Mga Gawa 20:5,13)
2. Ninanais ni Pablo na sila ay maghanda nang mas maaga (*prokatartizō*, cf. Mga Gawa 3:18,24; 7:52)
3. Pablo wanted them to fulfill kanilang previous pangako (*proepēngellomai*, cf. taga-Roma 1:2)

▣ **"masaganang kaloob"** Ito ay *eulogia* (i.e., sa literal "mabuting salita"). Ang terminong ito rin ay ginamit sa v. 6 sa kaunawaan ng "masagana." Ang terminong ito ay mayroong isang malawak na semantikong kaunawaan. Sina Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, ay nagtala ng anim na mga kaunawaan (tomo 2, p. 108).

1. pagpuri (cf. Santiago 3:9)
2. pambobola (cf. taga-Roma 16:18)
3. pagpapala (cf. I taga-Corinto 10:16; Santiago 3:10)
4. pakinabang (cf. taga-Roma 15:29)
5. kaloob (cf. II taga-Corinto 9:5)
6. malaking halaga (cf. II taga-Corinto 9:6)

Ang #3 na paggamit ay sumusunod sa Septuagint (cf. Hukom 1:15).

▣
**NASB "na gaya ng masaganang kaloob, at hindi gaya ng sapilitan"**
**NKJV "bilang isang *bagay* ng kagandahang-loob at hindi bilang isang tungkuling may hinanakit"**
**NRSV "bilang isang kusangkaloob at hindi bilang paghingi ng sapilitan"**
**TEV "kayo ay nagkaloob dahil ito ay gusto niyo, hindi dahil sa kailangan niyong gawin"**
**NJB "bilang isang tunay na kaloob at hindi isang pagpapataw"**

Sa literal, "sa gayon, bilang isang pagpapala at hindi bilang kasakiman." Ang buong pagtalakay ni Pablo patungkol sa pagkakaloob sa pampanitikang yunit na ito (i.e., mga kabanata 8-9) ay naisulat na maparaan at paayong paraan, ngunit ang pariralang ito ay ipinapakita mayroong isang sangkap kasalungatan sa iglesiya. Ninanais ni Pablo sa iglesiya sa Corinto na maramdaman ang isang bahagi ng mas malaking pakikipag-ugnaya ng kanyang mga iglesiya at maging isang bahagi ng pangkahalatang ministeryo ng kawang-gawa. Nalalaman niya, gayunman, na ang ilan ay kukunin ang pagkakataong ito upang paratangan siya sa pagiging mapanupil tungkol sa pagkakaloob na ito. Upang mahinto ang lahat ng maaaring kritisismo, kanyang sinabi na, "Tapusin niyo ito bago ako dumating diyan!"

Ang *Jerome Biblical Commentary* ay nagsasabing ang PANGNGALAN na kadasalang isinasalin na "sakin" ay kailangan, sa kontekstong ito, ay dapat na isaling "kaloob na ibinigay nang masama ang loob" (p. 285).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:6-15**

**[6]Datapuwat *sinasabi* ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana. [7]Magbigay ang bawat-isa *ay dapat gawin* ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya. [8]At maaaring gawin ng Diyos na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawat mabuting gawa: [9]Gaya ng nasusulat, SIYANG NAGSABOG, SIYANG NAGBIGAY SA MGA DUKHA; ANG KANIYANG KATUWIRAN AY NANANATILI MAGPAKAILAN MAN. [10]At ang nagbibigay ng binhi sa naghahasik at ng tinapay na pinakapagkain, ay magbibigay at magpaparami ng inyong binhi upang ihasik, at magdaragdag ng mga ani ng inyong katuwiran: [11]Yamang kayo'y pinayaman sa lahat ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahang-loob, na nagsisigawa sa pamamagitan namin ng pagpapasalamat sa Diyos. [12]Sapagkat ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Diyos; [13]Palibhasa'y sa pagsubok sa inyo sa pamamagitan ng ministeryong ito ay niluluwalhati nila ang Diyos dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa ebanghelyo ni Kristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong ambag sa kanila at sa lahat; [14]Samantalang sila rin naman, sa panalanging patungkol sa inyo, ay nananabik sa inyo dahil sa saganang biyaya ng Diyos sa inyo. [15]Salamat sa Diyos dahil sa kaniyang kaloob na di mailarawan.**

**9:6 "Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na"** Ito ay tila isang pagkabanggit sa Kawikaan 11:24-25 (cf. Kawikaan 19:17; 22:9). Ito ay nagpapakilala ng pangangaral ni Hesus sa pagkakaloob (cf. Mateo 7:2; Marcos 4:24; Lucas.6:38). Ang pang-agrikulturang talinghaga ng paghahasik ay kadasalang ginamit sa Bibliya; minsan sa isang eskatolohiko, panghukumang kaunawaan (cf. taga-Galacia 6:7), ngunit gayundin, bilang isang paraan ng pagtukoy sa di-karaniwang pagkilos tulad ng muling pagkabuhay (cf. I taga-Corinto 15:35-37). Sa kontekstong ito, ito ay nagpapahayag ng isang pangangailangan sa pagbubunga ng maraming binhi bilang isang paraan ng pagtukoy sa kasaganayan. Ngunit una, ang binhi ay kailangang ipamigay (i.e., ihasik)!

**9:7 "Magbigay ang bawat-isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay isang susing prinsipyo sa espirituwal na pagkakaloob. Ito ay tumahanay na kasama ng 8:12 sa pagkakaloob sa mga mananampalataya ng mga pangunahing patnubay sa pagkakatiwala.

▣ **"puso"** Tingnan ang buong tala sa I taga-Corinto 14:25.

▣ **"huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan"** Ang espirituwal na pagkakaloob ay kailangang kusa at may wastong layunin (cf. 8:12). Ako ay personal na nangingilabot kapat aking naririnig ang pangangaral sa ikapu sa OT (kadalasang mula sa Malakias o Levitico) bilang (1) isang kautusan para sa pansariling kayamanan o isang pananakot sa pisikal na kalusugan o pagkatao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ikapu sa 8:8.

▣ **"iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya"** Ito ay tila nagmula sa ang Kawikaan 22:8 sa Septuagint. Ang pahayag ay hindi makikita sa MT. Nakula natin ang Ingles na terminong, "masayang-maingay," mula sa Griyegong salitang ugat na ito. Ang katulad na termino ay ginamit na may kaugnayan sa kahabagan sa taga-Roma 12:8. Sa Koine Griyegong papyri (i.e., mga mahikong teksto) ang terminong *hilaros* (masaya) ay kasingkahulugan *hileōs* (kahabagan). Dahil dito, sina Moulton at Milligan, sa *The Vocabulary ng Greek New Testament,* ay iniisip na ito ay ginamit sa kaunawaan ng mapagbiyaya (p. 303).

**9:8 "maaaring gawin ng Diyos"** Ito ay isang makapangyarihang patotoo ng katangian ng Diyos at isang kahanga-hangang titulo (i.e., "sa Kanya na may kakayahan," cf. taga-Roma 16:25; taga-Efeso 3:20; Judas 24). Ang mga mananampalataya ay nagtitiwala, umiibig, at naglilingkod sa isang Diyos na kumikilos!

▣ **"na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo"** Ang pariralang ito ay hindi tumutukoy sa mga pagkakaloob ng taga-Corinto, ito ay tumutukoy sa saligan kalikasan ng diyos, na ang biyaya. Dahila sa kalikasan ng Diyos at kaloob ng Diyos (i.e., Hesus), mga mananampalataya ay kailangang ding magkaloob. Ang mga mananampalataya ay ipinapakilala ang mga pampamilyang katangian ng Diyos.

▣ **"mayroong laging buong kaya"** Pansinin na ang bilang ng napapabilang na "lahat"s (i.e., *pas*).

1. lahat ng biyaya (*pasan*)
2. palagi (*pantote*)
3. lahat na kasapatan (*pasan*)
4. sa lahat ng bagay (*panti*)
5. bawat mabuting paggawa (*pan*)

Ang Kristiyanong pagkakaloob ay nakakaapekto sa lahat buhay! Ang Diyos ay nagkakaloob para sa lahat ng mga pangangailangan

(cf. Mateo 6:19-34).

Ang terminong "kasapatan" ay nagmula sa dalawang Griyegong mga termino, "sarili" at "kaluguran" (cf. I Timoteo 6:6-10; taga-Filipos 4:11-12,19; Hebreo 13:15). Sina A. T. Robertson, *Word Pictures In The New Testament*, tomo 4, p. 248 at M. R. Vincent, *Word Studies*, p. 831, ay kapwa nag-aangkin na ang paggamit ng terminong ito ay ipinapakitan na si Pablo ay pamilyar Stoikong kaisipan at mga termino. Ngunit kanya muling ipinaliwanag sa kanila sa liwanag ng ebanghelyo. Tingnan si Bruce Winter, *Philo and Paul Among the Sophists.*

▣ **"magsipanagana sa bawa't mabuting gawa"** Ang Diyos ay magkakaloob ng mas maraming mapagkukunan sa kanila na nagbabahagi ng kanilang pinagkukunan kasama Siya. Ang kasaganahang ito, gayunman, ay hindi para sa pansariling paggamit ng indibidwal, ngunit para sa mga layunin ni Kristo (cf. taga-Efeso 4:28). Ang Kristiyanong nagkakaloob ay naging isang daluyan ng pagtutustos ng Diyos para sa mga pangangailangan ng iba. Ito ay toto, na lubhang kadasalang nawawala sa ating pagtuturo ang Kristiyanong pagkakatiwala. Oo, kasunduang pagpapala at kasaganahan ay mangyayari, ngunit sila ay kailangang maipasa para sa Kaharian, hindi panatilihin! Ang mga mananampalataya ay naligtas upang maglingkod at pinagpala upang magkaloob!

**9:9 "Gaya ng nasusulat"** Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 112:9 mula sa ang Septuagint (i.e., 111:9). Ang siping ito ay kinapapalooban ng isang ng di-karaniwang paggamit ng terminong "katuwiran" (tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:30) upang tumukoy sa pantaong pagkilos (cf. Mateo 6:1). Sa Judaismo ito ay dumating na tumutukoy sa panglingguhang pagsasanay ng pang-Hudyong pagbibigay-limos para sa mahihirap ng sinagoga (cf. Mga Awit 112:1-6). Kadalasan, sa NT, ang katuwiran ay isang kaloob ng Diyos kay Kristo na hiwalay sa pantaong pagkilos o kagalingan.

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY NG LIMOS

I. Ang termino mismo
- A. Ang terminong ito ay lumago sa loob ng Judaismo (i.e., ang yugto ng Septuagint).
- B. Ito ay tumutukoy pagkakaloob sa mahirap at/o nangangailangan.
- C. Ang Ingles na salitang "pagbibigay-limos" ay nagmula sa isang pagdadaglat ng Griyegong terminong *eleēmosunē*.

II. Konsepto sa Lumang Tipan
- A. Ang konsepto ng pagtulong sa mahirap ay ipinapahayag nang una sa Torah (mga sulat ni Moises, Genesis-Deuteronomio).
  1. karaniwang konteksto, Deuteronomio 15:7-11
  2. "pag-iipon," pag-iiwan ng bahagi ng ani para sa mahirap, Levitico 19:9; 23:22; Deuteronomio 24:20
  3. "ang taon ng sabbath," pagpapahintulot sa mahirap na kumain ng bunga ng ikapito taon, na hindi natamnan ang lupa, Exodo 23:10- 11; Levitico 25:2-7.
- B. Ang konsepto ay lumago sa Karunungang Panitikan (mga piling halimbawa)
  1. Job 5:8-16; 29:12-17 (ang masamang inilarawan sa 24:1-12)
  2. ang Mga Awit 11:7
  3. Kawikaan 11:4; 14:21,31; 16:6; 21:3,13

III. Paglago sa Judaismo
- A. Ang unang pangkat ng Mishnah tinatalakay kung paano pakikitunguhan ang mahirap, nangangailangan, at mga lokal na Levita.
- B. Mga piling sipi
  1. "gaya ng tubig na pumapatay ng isang nagliliyab na apoy, sa gayon, ang pagbibigay-limos ay nakapagbabayad ng kasalanan" (Ecclesiasticus [kilala rin bilang Karunungan ni Ben Sirach] 3:30, NRSV)
  2. "mag-ipon ng pagbibigay-limos sa iyong imbakan at ito ang magsasalba siyoa mula sa bawat sakuna" (Ecclesiasticus 29:12, NRSV)
  3. "para sa kanila na kumikilos na sang-ayon sa katotohanan ay mananagana sa lahat ng ginagawa. Sa lahat ng sinumang tumutupad sa katuwiran [7]magbigay ng limos mula sa yong mga ari-arian, at huwag hayaan ang iyong mata ay mainggit sa kaloob kung ginawa mo ito. Huwag mong ikiling ang iyong mukha palayo sa kaninuman na mahirap, at ang mukha ng Diyos ay hindi ikikiling palayo sa iyon. [8]Kung ikaw ay maraming ari-arian, gawin mong may sukat ang kaloob para sa kanila; kung kaunti, huwag kang matako ng magkaloob sang-ayon sa kaunting mayroon ka. [9]Upang ikaw ay makapag-ipon ng isang mabuting kayamanan para sa iyong sarili laban sa araw ng pangangailangan. [10]Dahil ang pagbibigay-limos ay magtutubos mula sa kamatayan at mag-iingat sa iyo mula sa pagpunta sa Kadiliman. [11]Samakatuwid, ang pagbibigay-limos, para sa lahat na tumutupad nito, ay isang pinakamainam sa paghahandog sa harapan ng Kataas-taasan." (Tobit 4:6-11, NRSV)
  4. "[8]Ang panalangin at pag-aayuno ay mabuti, ngunit mas higt sa dalawa ay pagbibigay-limos na may katuwiran. Ang kaunting katuwiran ay mas higit sa kayamanang may maling gawa. Mas mabuting magbigay ng limos kaysa sa mag-ipon ng ginto. [9]Dahil ang pagbibigay-limos ay nagliligtas mula sa kamatayan at naglilinis ng bawat kasalanan. Silang nagbibigay ng limos ay matatamsa isang hustong buhay." (Tobit

12:8-9, NRSV)

C. Ang huling sipi mula sa Tobit 12:8-9 ay nagpapakita ng umuunlad na suliranin. Ang paggawa ng tao/mga kagalingan ng tao ay makikita bilang isang kaparaan para sa kapwa pagpapatawad at kasaganahan.

Ang konseptong ito ay mas lalong lumago sa Septuagint, kung saan ang Griyegong termino para sa pagbibigay-lumos (*eleēmosunē*) ay naging isang kasingkahulugan para sa katuwiran (*dikaiosunē*). Sila ay maaaring pamalit para sa isa't-isa sa pagsasalin ng Hebreong terminong *hesed* (Pangkasunduang pag-ibig at katapatan ng Diyos, cf. Deuteronomio 6:25; 24:13; Isaias 1:27; 28:17; 59:16; Daniel 4:27).

D. Ang mga pagkilos ng kahabagan ng mga tao ay naging isang layunin sa kanilang sarili upang maisakatuparan ang isang pansariling kasaganahan dito at kaligtasan at kamatayan. Ang pagkilos mismo, sa halip na ang motibo sa likod ng pagkilos, ay naging kaunahan sa teolohiya. Ang Diyos ay tumitingin sa puso, pagkatapos ay humahatol sa mga gawa ng kamay. Ito ang pagtuturo ng mga rabbi, ngunit ito, kahit papaanot, ay nawala sa paghahangad ng pansariling katuwiran ng tao (cf. Mikas 6:8).

IV. Ang Reaksyon ng Bagong Tipan

A. Ang terminong ay matatagpuan sa
   1. Mateo 6:1-4
   2. Lucas 11:41; 12:33
   3. Mga Gawa 3:2-3,10; 10:2,4,31; 24:17

B. Ipinapahayag ni Hesus ang tradisyonal na pang-Hudyong kaunawaan ng katuwiran (cf. II Clemente16:4) sa Kanyang Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7) na tumutukoy sa
   1. Pagbibigay-limos
   2. Pag-aayuno
   3. panalangin

Ang ilang mga Hudyo ay nagtitiwala sa kanilang mga pagkilos. Ang mga pagkilos ay nangangahulugang pagdaluyin ang isang pag-ibig para sa Diyos, sa Kanyang salita, at mga kapatid sa kasunduan at kapatid na babae, hindi sariling pakinabang o sariling katuwiran! Ang pagpapakumbaba ay isang patnubay para sa nararapat na pagkilos. Ang puso ay mahalaga. Ang puso ay mapanganib na masama. Kailangang baguhin ng Diyos ang puso. Ang bagong puso ay tumutulad sa Diyos!

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN (*'OLAM)*

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang '*olam*, (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, tomo 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
   a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
   b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
   c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16
   d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Mga Awit 24:7,9; Isaias 46:9
   e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11
2. panghinarap na panahon
   a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
   b. *hyperbole* para sa hari, I Hari 1:31; Mga Awit 61:7; Nehemiah 2:3
   c. nagpapatuloy na pag-iiral
      (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Ecclesiastes 1:4
      (2) kalangitan, Awit 148:6
   d. Ang pag-iiral ng Diyos
      (1) Genesis 21:33
      (2) Exodo 15:18
      (3) Deuteronomio 32:40
      (4) Mga Awit 93:2
      (5) Isaias 40:28
      (6) Jeremias 10:10
      (7) Daniel 12:7
   e. ang kasunduan
      (1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
      (2) Exodo 31:16
      (3) Levitico 24:8

(4) Bilang 18:19
(5) II Samuel 23:5
(6) Mga Awit 105:10
(7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
(8) Jeremias 32:40; 50:5

f. natatanging kasunduan kay David
(1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
(2) I Hari 2:33,45; 9:5
(3) II Cronica 13:5
(4) Mga Awit 18:50; 89:4,28,36,37
(5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3

g. Ang Mesias ng Diyos
(1) Mga Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4
(2) Isaias 9:6

h. Ang mga batas ng Diyos
(1) Exodo 29:28; 30:21
(2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9
(3) Bilang 18:8,11,19
(4) Mga Awit 119:89,160
(5) Isaias 59:21

i. Ang mga pangako ng Diyos
(1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51
(2) I Hari 9:5
(3) Mga Awit 18:50
(4) Isaias 40:8

j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako
(1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4
(2) Exodo 32:13
(3) I Cronica 16:17

k. Tipanang kapistahan
(1) Exodo 12:14,17,24
(2) Levitico 23:14,21,41
(3) Bilang 10:8

l. walang hanggan magpakailanman
(1) I Hari 8:13
(2) Mga Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13
(3) Isaias 26:4; 45:17
(4) Daniel 9:24

m. anuman ang sinabi ng Mga Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman
(1) magbigay pasasalamat, Mga Awit 30:12; 79:13
(2) Manahan sa Kanyang presensya, Mga Awit 41:12; 61:4,7
(3) magtiwala sa Kanyang awa, Mga Awit 52:8
(4) purihin ang Panginoon, Mga Awit 52:9
(5) umawit ng mga papuri, Mga Awit 61:8; 89:1
(6) idiklara ang Kanyang katarungan, Mga Awit 75:9
(7) dakilain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 86:12; 145:2
(8) pagpalain ang Kanyang pangalan, Mga Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon ("mula sa magpakailanman hanggan sa magpakailanman")
a. Mga Awit 41:13 (papuri sa Diyos)
b. Mga Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)
c. Mga Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremias 7). Maging maingat sa pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

**9:10** Ang unang bahagi ng talatang ito ay tila isang sipi mula sa Isaias 55:10, at ang ikalawa bahagi ay tila naisipi mula sa Oseas 10:12. Ang mga talatang ito ay nagpapahayag

1. Pagmamay-ari at pagtutusto ng Diyos sa lahat ng mga bagay
2. ang pagkakatiwala ng mga mananampalataya

Ang Diyos ay ang pinagmulan, ngunit mga mananampalataya ay tumatanggap ng pagpapala kapag sila ay nagbabahagi.

Ang pagmamay-ari ng Diyos ay naipapahayag sa Griyegong salitang "natutustos' (i.e., *chorēgeō*), kung saan galing ang Ingles na "koro." Ang terminong ito sa Koine Griyego ay ginamit sa isang tagatangkilik na labis-labis manustos katulad ng isang lokal na koro. Kadalasan ang makabagong mga mananampalataya ay ipinagpapalagay ang kanilang kariwasaan sa kanilang sariling pagkamalikhain, pag-uugali sa trabaho, inipong kaalaman, o sariling pagpupunyagi. Gayunman, isang biblikal na pananawa sa mundo ay ipinagpapalagay ang lahat ng mga pinanggalingan sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣
**NASB, NRSV "magdaragdag ng mga ani ng inyong katuwiran"**
**NKJV "magdaragdag ng mga bunga ng inyong katuwiran"**
**TEV "magdulot ng isang mayamang ani mula sa inyong kagandahang-loob"**
**NJB "gawin ang ani ng inyong katuwiran na mas malaki"**

Sa 8:5 ang terminong "biyaya" ay ginamit sa maraming iba't-ibang mga kaunawaan, gayundin, sa katuwiran. Ang teolohikong hiwaga ay paaanong ang mga mananampalataya ay tumatanggap ng isang pagpapala o gantimpala para sa mga bagay na pinagkakaloob at binibigyang-sigla ng Diyos? Ito ay ang hiwaga ng isang Makapangyarihang Diyos at inutos na pangkasunduang pagtugon! Ang mga mananampalataya ay nagkakaloob dahil sa

1. ang Diyos ay nagkakaloob
2. halimbawa ni Hesus
3. pantaong pangangailangan
4. bagong pananaw sa mundo
5. panananahan ng Espiritu.

Ang pagkakaloob ay ang likas na bunga ng kaligtasan. Ang isang kuripot na Kristiyano ay isang pagsalungat sa mga termino!

**9:11 "kayo'y pinayaman sa lahat ng mga bagay"** Ito ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PANDIWARI ng *ploutizō* na may "sa lahat ng bagay" ay inuna sa pagbibigay-diin. Mula sa 8:7-9, ito ay maliwanag na hindi tumutukoy sa mga materyal na bagay lamang, ngunit sa espirituwal na mga pagpapala din (cf. 6:10; I taga-Corinto 1:5).

▣ **"lahat ng kagandahang-loob"** Pansinin na ang dalawa pang *pas* na mapabilang (cf. v. 8). Ang Griyegong terminong ito ay nangangahulugang isang-kaisipan (i.e., katapatan, kadalisayan) at pagkatotoo (cf. 8:2; 9:11,13). Tingnan ang tala sa 1:12.

▣ **"nagsisigawa ng pagpapasalamat sa Diyos"** Ang pagbibigay-diin ng pangwakas na bahagi ng kabanata 9 sa pagtanggap ng Diyos ng kaluwalhatian mula sa pagbabahagi ng mga mananampalataya (cf. vv. 11-13). Pinapaalala nito sa akin ang Mateo 5:16, kung saan ito ay nagsasabing, "makikita nila ang iyong mabubuting gawa at luluwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." Ang pangunahing layunin ni Pablo sa pag-uugnay ng pinagmulang iglesiya sa Herusalem sa kanyang Hentil na mga iglesiya ay para sa isang kapaligiran ng pag-ibig at pagpapahalaga na maaaring yumabong (cf. v. 14).

**9:12 "paglilingkod"** Ito ay ang Griyegong terminong *leitourgia* (isang tambalan mula sa pangmadla at gawain) kung saan ating makukuha ang Ingles terminong "liturhiya." Sa orihinal, ito ay tumutukoy sa sinuman na gumagawa ng pangmadlang paglilingkod sa kanilang sariling gugulin. Sa kaunawaang ito, ito ay katulad ng *chorēgeō* of v. 10.

▣ **"tumatakip sa pangangailangan ng mga banal"** Ito ay ang Griyegong terminong *prosanaplēroō,* (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAIKOT-IKOT NA MAY PAHIWATIG), *pros* na dinagdagan ng *anaplēroō*, nangangahulugang punuan o tupusin (cf. I taga-Corinto 14:16; 16:17). Si Pablo ay gumagamit ng maraming pinatindi na, MAKADIWANG mga anyo ng *pros* (cf. v. 5), gayunman, ang tumpak na kinalabasang kahulugan ay di-tiyak. Si Pablo ay gumagamit ng katulad na pinatinding anyo sa 11:9.

Ang terminong "mga pangangailangan" sa literal ay "ang mga bagay na kulang" (cf. I taga-Corinto 16:17; II taga-Corinto 8:8,13,14; 11:8). Ang mga mahihirap na mananampalataya sa Herusalem ay may tunay na mga mga pangangailangan that these Hentil na mga iglesiya could meet. For "mga banal" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:2.

▣ **"umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Diyos"** Ang mga nangangailangan sa Herusalem at lahat mga mananampalataya sa Palestina ay nagpapasalamat sa Diyos para sa pagmamalasakit at pangsakripisyong pagtulong ng Hentil na mga iglesiya (cf. v. 13).

**9:13 "pagsubok"** Ito ay ang salitang para sa "pagsusulit" (i.e., *dokimē*) na ginamit sa 2:9; 8:2; 13:3. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:13.

▣ **"ministeryong ito"** Ito ay tumutukoy sa pagkakaloob ng mga Hentil na iglesiya ni Pablo sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem. Ito ay ang katulad na salitang ginamit sa v. 1.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN

A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo,* katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.

B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
   1. magpuri
   2. sumang-ayon
   3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
   4. pagtatapat
   5. paghingi ng kapatawaran

C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang ay tila magkaibang pagkakagamit
   1. magpuri (Diyos)
   2. aminin ang kasalanan

   Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
   1. mangako (cf. Mateo 14:7; Gawa 7:17)
   2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
   3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; taga-Roma 14:11; 15:9)
   4. pagsang-ayon sa
      a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; taga-Roma 10:9; taga-Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
      b. isang katotohanan (cf. Gawa 23:8; II taga-Corinto 11:13; I Juan 4:2)
   5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
      a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
      b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB "pagtalima"**
**TEV "katapatan"**

Ito sa literal ay ang terminong "pagpapasakop" (i.e., *hupotagē*, cf. taga-Galacia 2:5; I Timoteo 2:11; 3:4), ngunit ginamit sa ang kaunawaan ng pagsunod dahil sa ang LAYON ay "ang ebanghelyo," hindi isang tao.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPASAKOP *(HUPOTASSŌ)*

Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang ito ay upang isalin ang sampung magkakaibang Hebreong mga salita. Ang panimulang kahulugan nito sa OT ay "mag-utos" o "ang karapatan sa pag-uutos." Ito ay kinuha sa Septuagint (LXX).

4. Ang Diyos ay nag-uutos (cf. Levitico 10:1; Jonas 2:1; 4:6-8)
5. Si Moises ay nag-uutos (cf. Exodo 36:6; Deuteronomio 27:1)
6. Ang mga hari ay nag-uutos (cf. II Cronica 31:13)

Sa NT, ang kaunawaang ito ay nagpapatuloy sa Gawa 10:48, kung saan ang Apostol ang nag-uutos. Gayunman, ang bagong kahulugan ay yumabong sa NT.

4. Ang isang pagkusang aspeto ay pinaunlad (kadalasang PANGGITNANG TINIG)
5. Ang pagkilos ng sariling pagtatakda ay maaaring makita sa pagpapasakop ni Hesus sa Ama (cf. Lucas 2:51)
6. Ang mga mananampalataya ay nagpapasakop sa mga aspeto ng kultura upang ang ebanghelyo ay hindi magkaroon ng masamang epekto
   a. Ibang mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:21)
   b. Mga nananampalatayang asawang babae (cf. taga-Colosas 3:18; taga-Efeso 5:22-24; Tito 2:5; I Pedro 3:1)
   c. Ang mga mananampalataya sa paganong pamahalaan (cf. taga-Roma 13:1-7; I Pedro 2:13)

Ang mga mananampalataya ay kumikilos sa layunin ng pag-ibig, para sa Diyos, para kay Kristo, para sa Kaharian, para sa kabutihan ng iba.

Tulad ng *agapaō* (pag-ibig) ang iglesiya ay pinuno ang salitang ito ng bagong kahulugan sang-ayon sa pangangailangan ng Kaharian at ang mga panganganilangan ng iba. Ang salitang ito ay kumukuha ng isang bagong karangalan ng walang pag-iimbot, hindi sang-ayon sa isang utos, ngunit sa isang bagong pakikipag-ugnayan sa isang Diyos na ibinigay ang Sarili at Kanyang Mesias. Ang mga mananampalataya ay sumusunod at nagpapasakop para sa kabutihan ng lahat at ang pagpapala sa pamilya ng Diyos.

▣ **"pagkilala sa ebanghelyo ni Kristo"** Ang pagpapahayag ng pananampalataya ay nangangahulugang "sumang-ayon sa" (cf. I Timoteo 6:12-13; I Juan 1:9). Sa kontekstong ito, ang kanilang patalinghangang pagpapahayag ng pananampalataya ay ang kanilang liberal na pagkakaloob, na nagpapatunay ng kanilang pakikipag-ugnayan sa ibang Hentil na mga iglesiya at kay Kristo. Ang walang hanggang-buhay ay may mga kapansin-pansing katangian!

▣ **"ambag"** Ito ay ang terminong *koinonia* (cf. taga-Roma 15:26), na nangangahulugang "magkasamang pakikilahok sa." Dito, ito ay tumutukoy sa salaping ipinagkaloob para sa mahihirap ng iglesiya sa Herusalem (tingnan ang tala sa I taga-Corinto 16:1). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:9.

▣ **"at sa lahat"** Ito ay isang mahirap maipaliwanag na parirala. Ito, kahit na papaano, ay tumutukoy sa impluwensiya ng taga-Corinto sa pag-uudyok sa ibang Hentil na mga iglesiya na makilahok sa paglalakoob (cf. v. 2).

**9:14** Ang talatang ito ay tumutukoy sa kanila na tumanggap ng kaloob (i.e., ang mahihirap ng Herusalem na iglesiya at lahat nitong miyembro). Ninanais ni Pablo na ang dalawang bahagi ng sinaunang iglesiya ay hindi nagkakahiwalay na nagkakaisa.

▣ **"saganang"** *Huperballō*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Huper na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

**9:15 "alamat sa Diyos dahil sa kaniyang kaloob na di masabi"** Ang ilan ay tinatanganan ang kontekstong ito na tumutukoy sa mga salaping kaloob ng taga-Corinto, ngunit dahil sa

1. dakilang pagpapakasakit ni Kristo na binanggit sa 8:9
2. ang ebanghelyo ni Kristo na binanggit sa 9:1,

Ito maaaring tumutukoy sa ministeryo ni Hesus ng Nazareth, ang Mesias. Si James D. G. Dunn, sa *Unity and Diversity in the New Testament* (p. 184) ay binanggit na ang "kaloob ng Diyos" sa Mga Gawa ay tumutukoy sa Banal na Espiritu (i.e., ang bagong panahon, cf. Mga Gawa 2:38; 8:20; 10:45; 11:17).

Ang ministeryo ng Anak na nagkakaloob ng sarili (cf. 8:9) ay nangangahulugang

1. pukawin ang mga mananampalataya na magbigay-pasasalamat ( i.e., *eucharistia*, vv. 11,12; *charis*, v. 13) sa Diyos
2. ibunsod sila na magbahagi ng kanilang mga pinansiyal na pinagkukunan sa mga naganganilangang mananampalataya

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV "di mailarawan"**
**TEV "napakahalaga"**
**NJB "lampas sa lahat ng pagpapahayag"**

Ito ay ang terminong *ekdiēgeomai*, na nangangahulugang ipaliwanag nang lubusan o banggitin ang lahat ang mga detalye, na dadagdagan ng ALPHA PRIVATIVE, na sumasalungat nito. Sa ilang mga paraan ang pag-ibig ng Diyos ay lubhang kamangha-mangha para sa mga tao upang maunawaan ang lahat ng aspeto nito (cf. Deuteronomio 30:11; Job 11:7; Mga Awit 139:6; Kawikaan 30:18; Isaias 55:8-9; taga-Roma 11:33).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Balangkasin sa inyong sariling mga salita ang mga prinsipyo ng pagiging-katiwala na binanggit sa mga kabanata 8 at 9.
2. Ibigay ang kahulugan sa sariling mga salita ang sinipi mula sa v. 6 at v. 10 sa inyong buhay.

# II MGA TAGA-CORINTO 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagtatanggol ni Pablo sa sa Kanyang Ministeryo | Ang Espirituwal na Digmaan | Isang Pagsamo sa Tunay na Pagka-Apostol | Ang Pagtatanggol ni Pablo sa sa Kanyang Ministeryo | Ang Tugon ni Pablo sa Mga Paratang nang panghi-hina |
| 10:1-6 | 10:1-6 | 10:1-6 | 10:1-6 | 10:1-11 |
| | Ang Katotohanan ng Awtoridad ni Pablo | | | |
| 10:7-11 | 10:7-11 | 10:7-11 | 10:7-11 | |
| | Mga Hangganan ng Awtoridad ni Pablo | | | Ang Kanyang Pagtugon sa Paratang ng Ambisyon |
| 10:12-18 | 10:12-18 | 10:12-18 | 10:12-16 | 10:12-18 |
| | | | 10:17-18 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang mga kabanatang 10 hanggang 13 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit kung saan ipinagtatanggol ni Pablo ang kanyang sarili laban sa mga paratang ng mga bulaang guro. Ang mga bulaang guro ay ginawa si Pablo na kanyang sarili pinakbuod ng pangangatuwiran. Samakatuwid, na may pag-aatubili, kanyang pinagtanggol ang kanyang sarili sa pantaong mga batayan, na ginagamit ang kanilang mga panlinlang na salita at retorikong paraan. Ang kanyang layunin sa katapusan ay ipagtanggol ang ebanghelyo.

B. Ang ilang mga halimbawa ng mga paratang na ipinapataw laban sa Pablo.
   1. Siya ay nagpapakababa kapag nakakausap nang harapan, ngunit matapang sa kanyang mga sulat, 10:1,9,11.
   2. Siya ay kumikilos mula sa pinakamababang pantaong mga layunin, 10:2.
   3. Ang kanyang pansariling anyo ay hindi kaaya-aya at kanyang retorikong pagbibigkay ay hindi magaling; 10:2,10
   4. Siya ay nangangaral nang payak tungkol sa salapi, 11:8,12; 12:16.

C. Ang mga kaaway ni Pablo
   1. Mayroong tila tatlong mga pangkat ang kabilang.
      a. isang katutubong taga-Corinto na pangkat (ang mga hiwa-hiwalay na mga pangkat sa I taga-Corinto 1-4)
      b. isang Hudyong pangkat mula sa Palestina (katulad sa mga Judaizer, II taga-Corinto 10-13).
      c. maaaring pinaghalong dalawa

2. Mula sa I taga-Corinto mayroong tila mga pangkat na umaatake sa kanya para at mula sa mga magkasalungat ng posisyon
   a. isang legalistikong pangkat (aseticismo)
   b. isang walang-kautusang pangkat (mga ganid sa kahalayan/ libertino)

D. Dahil binanggit ni Pablo ang maraming mga sulat na kanyang naisulat sa iglesiya sa Corinto, na tila hindi naingatan, mayroong mga pang-iskolar na mga haka-haka patungkol sa II taga-Corinto na pinagsamang mga nawalang sulat. Ito ay tiyakan na ang paggamit ni Pablo ng EPISTOLARY AORIST sa pagtukoy sa kanyang iba't-ibang mga sulat ay nagdulot ng pagkalito gayundin sa maliwanag na iba't-ibang pampanitikang yunit na bumubuo ng II taga-Corinto, na kadasalan ay tila wala sa pagkakasunod-sunod at makatuwirang kaayusan.

Ito ay tiyakan na ang mga pagtatanggal ay nagdulot kay Pablo sa pagsusulat ng sulat na ito sa isang yugto ng panahon at ang bagong impormasyon ay nagpatuloy na dumating pagkatapos niyang naisulat ang isang pampanitikang yunit. Ang sulat ay nagsimula sa isang paayong paninindigan, ngunit ngayon ay uminog na pasalungat.

Sa ganang akin, ang posibilidad na ang ilan sa mga sulat ni Pablo na nawala ay hindi nakakapagpabahala sa akin (maaaring sila ay naglalaman ng impormasyon na hindi ninanais ng Espiritu na maging Banal na Kasulatan), ngunit ang panukalang pinagsamang likas ng II taga-Corinto, na walang katibayan sa Griyegong manuskritong tradisyon o sa tradisyon ng iglesiya, ngunit ang payak na haka-haka ng mga makabagong kanluraning iskolar ay hindi nakakapagpabahal sa akin! Hindi natin dapat pilitin ang sinaunang silanganing palaisip at mga manunulat sa makabagong kanluraning pampanitikang kaurian.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1-6

**[1]Ngayon, ako ngang si Pablo ay namamanhik sa inyo alangalang sa kaamuang-loob at kapakumbabaan ni Kristo, ako na sa harapan ninyo ay mapagpakumbaba sa gitna ninyo, ngunit ako'y lubhang malakas ang loob kung wala sa harapan ninyo: [2]Oo, ako'y namamanhik sa inyo, upang kung ako'y nahaharap ay hindi *ko kailangang* magpakita ng katapangang may pagkakatiwala na ipinasiya kong ipagmatapang laban sa ilang nagiisip sa amin, na waring kami ay nagsisilakad ng ayon sa laman. [3]Sapagkat bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman. [4](Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Diyos ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta); [5]*Tayo na* siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at *tayo ay* bumibihag sa lahat ng pag-iisip sa pagtalima kay Kristo; [6]At nangahahanda upang maghiganti sa lahat ng pagsuway, kung maganap na ang inyong pagtalima.**

**10:1 "Ngayon, ako ngang si Pablo ay namamanhik sa inyo"** Si Pablo ay hindi gumagamit ng "tayo" sa mga nakalipas na kabanata dahil sa ipinagtatanggol niya ang kanyang sarili sa harapan ng mga pagpaparatang ng mga bulaang guro. Si Pablo ay gumagamit ng *autos* at *ego* (cf. 12:13; taga-Roma 7:25; 9:3; 15:24; at sa taga-Galacia 5:2 *egō* at *Paulos*) upang bigyang-diin na ito ay kanyang pansariling pakiusap.

Para sa "pamamanhink" tingnan ang buong tala sa 1:4-11.

▣ **"alangalang sa kaamuang-loob at kapakumbabaan ni Kristo"** Si Pablo ay gumamit ng nararapat na pag-uugali at mga pamamaraan kahit na sa ganitong mga bulaang guro (cf. Mateo 11:29). Ang kaamuhan ay hindi nakita bilang isang katangian ng mga Griyegong palaisip (i.e., Socrates, Aristotle, Stoics). Ito ay nagpapakilala sa kanilang mga kritisismo kay Pablo. Si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, ay nagpapahayag na sa Septuagint ang "kaamuhan" (*praus*, v. 1), "maamo" (*tapeinos*, v. 1), at "mahirap" (*penēs*, v 9:9) ay ginamit upang isalin ang katulad na Hebreong mga salita. Sila ay may kaibahan sa mayaman at makapangyarihan laban sa mapagpakumbaba at naaapi (p. 832).

▣ **"mapagpakumbaba sa gitna ninyo, nguni't ako'y lubhang malakas ang loob kung wala sa harapan ninyo"** Ang pagsusuring ito ay maaaring tumutukoy sa mabagsik na sulat ni Pablo na nawala (cf. 1:9-11). Pansinin na ang kanyang paglalaro sa konsepto ng "kaamuhan." Tinawag niyang maamo si Kristo meek (i.e., *praus* na ginamit sa Mesias sa Mateo 21:5 at sa mga mananampalataya sa Mateo 5:5; I Pedro 3:4,15). Sa pariralang ito, siya ay gumagamit ng kasingkahulugang *tapeinos* (cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, p. 748), na ginagamit din kay Hesus (cf. Mateo 11:29) at kay Pablo (cf. 11:7; 12:21).

▣ **"malakas ang loob"** Tingnan ang tala sa 5:6.

**10:2 "ako'y namamanhik"** Ito ay ang Griyegong terminong *deomai*, na nangangahulugang hilingin na may pagmamadali o makiusap. Ito ay kasingkahulugan ng terminong (i.e., *parakaleō*, cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, p. 408) na ginamit ni Pablo sa v. 1 (cf. 2:8; 5:20; 6:1; 8:6; 9:5; 12:8,18; 13:11). Siya ay nagmamadaling nakikiusap sa mga mananampalatayang ito na muling suriin kung ano ang kanilang narinig mula sa mga bulaang guro.

▣ **"upang kung ako'y nahaharap"** Hindi nais ni Pablo na bumalik sa Corinto hanggang hindi nababago ang mga bagay. Ayaw niyang mga matapang, ngunit maamo.

▣ **"hindi *ko kailangang* magpakita ng katapangang may pagkakatiwala na ipinasiya kong ipagmatapang laban sa ilang nagiisip sa amin"** Mayroong isang paglalaro sa Griyegong salita para sa "laman." Ang mga bulaang guro ay pinaparatangan si Pablo kumikilos mula sa pinakamababa, payak na pantaong mga layunin (i.e., sa laman). Habang inaamin ni Pablo na siya ay nasa laman (i.e., pisikal na katawan, cf. v. 3), siya ay malakas na nagpapahayag na siya ay hindi kumikilos mula sa makalamang mga motibo (cf. 1:17; 2:17; 4:3; 7:2; 10:3-4).

Para sa "pagtitiwala" tingnan ang tala sa 3:4.

▣ **"ipinasiya. . . nagiisip"** Ito ay isang paglalaro ng Griyegong salitang *logizomai*. Si Pablo ay gumagamit ng PANDIWA (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] MAY PAHIWATIG) upang ilarawan kanyang mga kaisipan at ang PANDIWARI (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent]) upang ilarawan ang mga maling pagpaparatang ng mga bulaang guro. Ito ay maaaring isang teknikal na termino mula sa Sophista (tingnan si Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*). Tingnan ang mas buong tala ng termino 3:5.

▣ **"nagsisilakad"** Ito ay isang Hebreong wikain para sa pag-uugali sa pamumuhay (e.g., taga-Efeso 4:1,17; 5:2,1).

▣ **"ayon sa laman"** Hinahatula nila si Pablo sa liwanag ng kanilang mga pamantayan sa lipunan (cf. I taga-Corinto 9:8; 15:32; taga-Roma 3:5; taga-Galacia 1:11; 3:15). Ang mga mananampalataya ay may iba't-ibang pamantayan—ang naihayag na salita ng Diyos: (1) Lumang Tipan; (2) si Kristo; at (3) Bagong Tipan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

**10:3-6** Si Pablo ay gumagamit ng isang kalipunan ng panghukbong mga talinghaga upang ilarawan ang araw-araw na tunggalian sa pagitan ng Kristiyano at espirituwal na kasamaan (cf. taga-Roma 7; 8:3-11). Ito espirituwal na kasamaan ay binibigyang-kahulugan sa v. 5 bilang pantaong lohika, karunungan, at pangangatuwiran laban sa ebanghelyo (cf. taga-Efeso 6:10-18).

**10:3 "sa laman"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

▣ **"nangakikipagbaka"** Ito ay ang terminong *strateuō*, kung saan ating nakuha ang Ingles terminong istratehiya. Ito ay ginamit sa isang sundalo (cf. I taga-Corinto 9:7; II Timoteo 2:4) o patalinghaga ng isang espirituwal na digmaan (cf. dito at I Timoteo 1:18). Mayroong isang nagpapatuloy na tunggalian sa espirituwal na mundo.

**10:4-5** Mayroong isang kalipunan ng mga bagay na binanggit sa vv. 4-5 na inaatake ni Pablo.

1. pagkawasak ng tanggulan o muog (*ochurōma*)
2. pagkawasak ng haka-haka (*logizomai*)
3. pagkawasak ng bawat palalong bagay (*huphōma*)
4. pinibihag ang bawat kaisipan (*noēma*)

Ang mga bagay na ito ay maaaring tumutukoy sa retorik na mga Sophista, na ibinaba ni Pablo sa I taga-Corinto 1-4 (cf. Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*, pp. 180-202).

**10:4 "ang mga sandata ng aming pakikilaban"** Si Pablo ay may pagkabanggit sa espirituwal na pakikidigma na mas maaga sa 6:7. Ang aklat ng taga-Roma ay naisulat mula sa Corinto patungkol sa ganitong katulad na panahon. Binanggit niya rin ang pakikidigmang ito sa taga-Roma 6:13 at 13:12. Si Pedro ay gumagamit ng anyo ng pandiwa sa I Pedro 4:1, kung saan kanyang pinapalakas ang mga mananampalataya upang sandatahan ang kanilang mga sarili sa kanilang makalamang pakikibaka.

Isang mabuting sangguniang aklat sa bahaging ito ay *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare* ni Clinton E. Arnold, na inilimbag ng Baker.

▣ **"gumiba ng mga kuta"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 21:22 (mas malaking konteksto ng vv. 13-31). Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa kahulugan ng pariralang ito sa gitna ng mga komentarista, ngunit ito ay maliwanag na sa v. 5 ay isang paglalarawan ng kung anong espirituwal na mga muog ang tinutukoy ni Pablo. Tila kanyang inihahayag ang bulaang teolohiya ng mga bulaang guro.

**10:5**
**NASB "gumigiba ng mga maling haka"**
**NKJV "ibinaba ang mga pangangatuwiran"**
**NRSV "wasakin ang mga pangangatuwiran"**

**TEV** **"hatakin pababa"**
**NJB** **"Ito ang mga kaisipang aming ginigiba"**
Tingnan ang tala sa 3:5.

▣
**NASB** **"at ng bawa't bagay na matayog na nagmamataas"**
**NKJV** **"at bawat mataas na bagay"**
**NRSV** **"at bawat mapagmataas na hadlang"**
**TEV** **"bawat mapagmataas na hadlang"**
**NJB** **"bawat mapangahas na palagay"**

Ang salitang ito para sa "taas" ay ginamit sa kaunawaan ng napakatayog, pantaong pag-iisip. Ipinapakilala nito ang lubhang pagbibigay-diin ng mga bulaang guro sa

1. kaalaman at pantaong pangangatuwiran (cf. I taga-Corinto 1:18-25; taga-Colosas 2:8)
2. legalismo (cf. taga-Colosas 2:16-23)

▣ **"bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Kristo"** Ang PANDIWA ay isang tambalan ng "sibat" at "gapiin sa digmaan." Ang mga bulaang gurong ito ay binibihag ang kaisipan at mga pag-iisip ng mga mananampalataya sa Corinto. Hinayaan ni Pablo na ating "pagpapanibago ng ating mga pag-iisip" (cf. taga-Roma 12:2; taga-Efeso 4:23); ipagtanggol ang ating mga isipan (cf. taga-Filipos 4:7). Ang kaligtasan ay walang-bayad, ngunit ang Kristiyanong buhay ay kakakitaan ng pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagtitiyaga. Ang mga ito ay mga pangkasunduang pananagutan. Mayroong isang nagpapatuloy na espirituwal na tunggalian!

Si Pablo ay madalas na gmagamit ng salitang "pag-iisip" (*noēma*) sa II taga-Corinto (cf. 2:11; 3:14; 4:4; 11:3), ngunit tanging sa isang ibang panahon, sa taga-Filipos 4:7. Ang labis na pagbibigay-diin sa kaalamang taga-Corinto ay maaaring ang dahila para sa kanyang paulit-ulit na paggamit ng termino. Ang *The Analytical Greek Lexicon Revised*, ni Harold K. Moulton, ed., ay nagtala ng maraming kahulugan (p. 280).

1. ang isipan, ang kaunawaan, talino – II taga-Corinto 3:14; 4:4
2. ang puso, kaluluwa, mga pagsinta, mga damdamin, ugali – II taga-Corinto 11:3
3. isang pagkabatid ng isipan, pagtingin, layunin, pamamaraan – II taga-Corinto 2:11; 10:5

**10:6** Pablo warns ang mga bulaang guro at kanilang mga tagasunod that kanilang day of reckoning ay coming. Sila accused him of being weak, ngunit they simply misunderstood kanyang pagtitiyaga with them (1) for Kristo's sake at (2) para sa corporate kalusugan of iglesiyang ito. Pablo ay warning iglesiyang ito to deal with its mga suliranin before he arrives o else he will deal with them (cf. I taga-Corinto 5:3-5).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:7-11

**7Minamasdan ninyo ang mga bagay na nahaharap sa inyong mukha. Kung ang sinoman ay mayroong pagkakatiwala sa kaniyang sarili na siya'y kay Kristo, ay muling dilidilihin ito sa kaniyang sarili na, kung paanong siya'y kay Kristo, kami naman ay gayon din. 8Sapagkat bagaman ako ay magmapuri ng marami patungkol sa ating awtoridad, na ibinigay ng Panginoon sa ikapagtitibay sa inyo, at hindi sa ikagigiba ninyo ay hindi ako mapapahiya. 9Upang huwag akong wari'y ibig ko kayong pangilabutin sa takot sa aking mga sulat. 10Sapagkat, sinasabi nila, Ang kaniyang mga sulat, ay malaman at mabisa; datapuwat ang anyo ng kaniyang katawan ay mahina, at ang kaniyang pananalita ay walang kabuluhan. 11Bayaang isipin ng isang gayon ito, na, kung ano kami sa pananalita sa mga sulat pagka kami ay wala sa harapan, ay gayon din kami naman sa gawa pagka *kami ay* nahaharap.**

**10:7 "Minamasdan ninyo"** Sa Griyego ang nagbabagong-tonong anyo ay maaaring isang PAUTOS (cf. NRSV, NJB) o isang MAY PAHIWATIG (cf. NASB, TEV, NIV). Ang NKJV at ASV isinalin ito bilang isang katanungan.

Ang iglesiya sa Corinto ay sumusuri at namumula sa isang makalaman/makamundo/pisikal na antas sa halip na isang ebanghelyong pagtuon.

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Mayroong ilan sa iglesiya sa Corinto na nililinlang sa kanilang sarili (cf. I taga-Corinto 14:37) gaya ng kanilang espirituwal na kalagayan at katatayuan (i.e., "ay nagtitiwala," GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG).

▣ **"kaniyang sarili"** Si Pablo ay gumagamit ng ang terminong ito, *eautou*, dalawang beses sa talatang ito. Ang mga bulaang guro ay nalinlang ang kanilang mga sarili. Ito ay ang pinakamahirap na espirituwal na kalagayan upang paliwanagan o upang makaapekto.

▣ **"kung paanong siya'y kay Kristo, kami naman ay gayon din"** Ang mga bulaang guro ay nag-aangkin ng kanilang sariling espirituwal na awtoridad at katatayuan, ngunit itinatanggi ang kay Pablo..

**10:8 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapahiwatig ng maaaring pagkilos (cf. 11:1-12:13).

▣ **"magmapuri"** Ang terminong ito (i.e., *kauchaomai* at kanyang ibang mga anyo) ay lubhang madalas na ginamit sa mga sulat ni Pablo sa taga-Corinto.

2. *kauchaomai* (kaluwalhatian, pagmamapuri, cf. I taga-Corinto 1:29,31; 3:21; 4:7; 13:3; II taga-Corinto 5:12; 7:14; 9:2; 10:8,13,15,16,17; 11:12,16,18,30; 12:1,5,6,9)
3. *kauchēma* (cf. I taga-Corinto 5:6; 9:15,16; II taga-Corinto 1:14; 5:12; 9:3)
4. *kauchēsis* (cf. I taga-Corinto 15:31; II taga-Corinto 1:12; 7:4,14; 8:24; 11:10,17)

Tingnan ang mas buong tala sa paggamit ng salitan sa 1:12 at Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 5:6.

▣ **"patungkol sa ating awtoridad, na ibinigay ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa karanasan ni Pablo sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9:15,16; taga-Roma 1:5; taga-Galacia 2:9).

▣ **"sa ikapagtitibay sa inyo, at hindi sa ikagigiba ninyo"** Inuulit ni Pablo ang pariralang ito sa 13:10. Ito ay katulad sa panawagan ni Isaias (cf. Isaias 6) at Jeremias (cf. Jeremias 1), maliban na sila ay tinawag na gawin ang kapwa! Si Pablo ay gumagamit ng katulad na PANDIWA (i.e., *kathairesis*), na kanyang ginamit sa v. 4 (dalawang beses) para sa pagwasak ng mga muog ng pantaong pangangatuwiran. Tinawag si Pablo upang wasakin ang ilang mga bagay at mga kaisipan, ngunit hindi ang iglesiya mismo. Siya ay tinawag upang ipagtanggol at ikanlong ang iglesiya (cf. v. 9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatibay sa I taga-Corinto 8:1.

▣ **"hindi ako mapapahiya"** Ipagtatanggol ni Pablo ang kanyang sarili dahil sa ang mga bulaang guro ay gumawa sa kaniya ang isyu. Ipinagtatanggol niya ang kanyang sarili upang ipatanggol (1) ang awtoridad na kanyang pinagkaloob at (2) ang ebanghelyong kanyang pinangangaral.

Ito ay maaaring magpakilala ng mga pangako ng Diyos sa OT (cf. taga-Roma 9:33 at 10:11, na sinisipi sa Isaias 28:16), kung saan silang magtitiwala sa Diyos ay hindi mahihiya o mabibigo. Nalalaman ni Pablo kung Kanino siya nagtiwala!

Kahit na kung si Pablo na lubhang nagpapapuri (cf. NRSV, TEV) sa kanyang panawagan at pagtatalaga, ito ay patuloy na totoo at ang Diyos ay ipagtatanggol siya! Silang tumanggi sa awtoridad ni Pablo ay hahatulan (cf. I taga-Corinto 14:37-38).

**10:9** Ang mga sulat ni Pablo ay nagdudulot ng kanilang pagsisisi, hindi nagdadala ng kahatulan (cf. 7:5-13a). Ngunit para sa mga bulaang guro ito ay isang naiibnag kuwento (cf. vv. 8,11; 13:10).

**10:10 "Sapagkat, sinasabi nila"** "Sinasabi nila" ay sinusunod ang MSS B, ang Latin Vulgate, at ang Peshitta (Syriac na salin ng ikalimang siglo). Karamihan sa ibang Griyegong mga manuskrito ay may "niya," na maaaring tumutukoy sa isang pasimulo ng mga bulaang guro (cf. vv. 7,11; 11:4).

▣ **"ang anyo ng kaniyang katawan ay mahina"** Isang ikalawang siglong tradisyon ng pisikal na paglalarawan ni Pablo na nagmula sa Thessalonica sa bahagi ng isang aklat na pinamagatang *Pablo at Thekla*. Sinasabi nito na siya ay pandak, kalbo, sakang, makapal na kilay at nakausling mata. Si Pablo ay hindi isang kaakit-akit na tao sa pisikal (cf. taga-Galacia 4:14). Ang ilang sa mga pisikal na mga katangian ay maaaring nauugnay sa kanyang tinik sa laman (cf. 12:7), na sa ganang akin, ay maaaring suliranin sa mata, na maaaring nauugnay sa kanyang pagkabulag sa "daan sa Damasco".

Ito ay maaari na ang pariralang ito, tulad ng susunod, ay tumutukoy sa mga kakayahan ni Pablo sa pangmadlang pananalumpati, na isang pangunahing bagay ng pangangatuwiran (cf. I taga-Corinto 1:17). Ang pariralang ito kadasalang ay ginamit sa "presensiya sa tanghalan" (cf. Bruce W. Winter, *After Paul Left Corinth*, p. 35).

▣ **"at ang kaniyang pananalita ay walang kabuluhan"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI. Ito ay isang malakas na Griyegong termino (cf. I taga-Corinto 1:28; 6:4; 16:11; taga-Roma 14:3,10). Si Pablo ay <u>hindi</u> isang hasang pangmadlang mananalumpati (i.e., Griyegong retorikong paraan, cf. I taga-Corinto 1:17; II taga-Corinto 11:6). Si Apollos ay ang magaling magsalita, mangangaral na sinanay sa retorika mula sa Alexandria. Gayunman, inaangkin ni Pablo na kahit na bihisa sa retorikong pamamaraan (cf. 11:6), ang kanyang mensahe at awtoridad ay mula kay Kristo.

**10:11** Ang bulaang (mga)guro ay pinaparatangan si Pablo na may malakas na mga sulat, ngunit isang mahinang pansariling pagpapahayag. Si Pablo ay naninindigan na ang kalakasang kanyang pinaninindigan sa kanyang mga sulat ay maitutumbas sa kalakasan ng kanyang pansariling presensya kung siya ay kailangang dumaling ng personal at magtakda ng mga bagay na tuwiran sa kanyang sarili!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:12-18**

**[12]Sapagkat hindi kami nangagmamatapang na makibilang o makitulad sa mga ilan doon sa mga nagmamapuri sa kanilang sarili: ngunit sila na sinusukat ang kanilang sarili sa kanila rin, at kanilang itinutulad ang sarili sa kanila rin ay mga walang unawa. [13]Datapuwat hindi naman ipinagmamapuri ang labis sa aming sukat, kundi ayon sa sukat ng hangganang sa amin ay ipinamamahagi ng Diyos, na gaya ng sukat, upang umabot hanggang sa inyo. [14]Sapagkat hindi kami nagsisilagpas ng higit, na waring hindi na namin kayo aabutin: sapagkat hanggang sa inyo naman ay nagsirating kami sa ebanghelyo ni Kristo: [15]Na hindi namin ipinagmamapuri ang labis sa aming sukat, sa makatuwid baga'y ang mga gawa ng ibang mga tao; kundi yamang may pag-asa, na ayon sa paglago ng inyong pananampalataya, kami'y pupurihin sa inyo ayon sa aming hangganan sa lalong kasaganaan, [16]Upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dako pa roon ng lupain ninyo, at huwag kaming mangagmapuri sa hangganan ng iba tungkol sa mga bagay na nangahahanda na sa amin. [17]Datapuwat** ANG NAGMAMAPURI AY MAGMAPURI SA PANGINOON. **[18]Sapagkat hindi subok ang nagtatagubilin sa kaniyang sarili, kundi ang ipinagtatagubilin ng Panginoon.**

**10:12 "ngunit sila na sinusukat ang kanilang sarili sa kanila rin, at kanilang itinutulad ang sarili sa kanila rin"** Si Pablo ay may pagkabanggit sa persona na parangal sa 3:1 (cf. 10:18); ngayon, kanyang pinalawak sa ganitong pantaong paghahambing. Maliwanag na ang mga bulaang guro ay pinaghahambing ang kanilang sarili kay Pablo sa paraan na maitataas ang kanilang kalagayan at maibababa siya.

Nalalaman ni Pablo mula sa kanyang pag-aaral ng OT (cf. I Samuel 16:7; Kawikaan 21:2) kung paanong ito ay walang bunga. Siya rin ay maaaring pamilyar sa turo ni Hesus patungkol sa mga tao na ipinagtatanggol ang kanilang mga sarili (cf. Lucas 10:29; 16:15; 18:9,14).

Mayroong isang tala ng panunuya sa talatang ito na gaya ng sa v. 1. Si Pablo ay madala gumamit ng ganitong pampanitikang anyo sa I taga-Corinto. Mayroong isang maliwanag na paglalaro sa salita sa pagitan ng dalawang AORIST TAHAS NA MGA PAWATAS.

1. *egkrinai* (*en* at *krinō*), hatulan na kabilang sa katulad na kaurian
2. *sugkrinai* (*sun* at *krinō*), hatulan sa pamamagitan ng paghahambing

Sa codex Bezae (ikalimang siglong unsyanong MS) mayroong isang pariralang naiwan sa dulo ng v. 12 at ang panimula ng v. 13. Ito ay tila isang paggalaw sa mata ng eskriba mula sa "*ou*" ng v. 12 patungo sa "*ouk*" sa v. 13 at naiwan ang mga namamagitang salita ("Huwag maunawaan. Ngunit hindi kami"). Tingnan ang ang ikalawang Dadagdag-dahon sa Tekstuwal na Kristisismo. Ang UBS[4] nagbibigay sa pagsasama ng pariralang na isang "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"sila ay mga walang unawa"** Ito ay lubhang nakakagulat na pahayag.

1. sa Griyegong mga pilosopo, ito ay magpapababa ng kanilang pag-aangkin sa mataas na espirituwal na kaalaman
2. sa Hebreong mga palaisip, ito maaaring isang pagkabanggit sa mga hayop.

**10:13** Binabanggit ni Pablo ang kanyang banal na panawagan at kautusan (i.e., kanyang "daan sa Damasco" na karanasan, cf. Mga Gawa 9; 22:3-16; 26:9-18) upang maging isang Apostol sa mga Hentil. Siya ay hindi naghahalintulad o nagpupuri, ngunit nagsasaad ng panawagan ng Diyos.

Ang panawagan ng Diyos sa kaniya bilang natatanging kinatawan sa mga Hentil ay isinama ang iglesiya sa Corinto (cf. vv. 14-15).

▣ **"hangganang sa amin ay ipinamamahagi ng Diyos"** Ang NASB Study Bible (p. 1701) ay may isang mabuting pagpuna sa pariralang ito. **"10:13** *ang hangganang ipinamahagi ng Diyos sa amin*. Ang larawan na nasa isipan ni Pablo ay maaari na ang isang manlalarong palakasan kung saan ang mga landas ay ginuhitan para sa iba't-ibang mananakbo. Sa pagkakataong ito, ang 'hangganan' ay maaaring isaling 'landas' (gayundin sa vv. 15- 16). Sa pakikialam nila sa Corinto, ang bulaang mga apostol ay nagkrus na sa landas ni Pablo, na landas ng Diyos na namarkahan at nagdala sa kaniya sa mga taga-Corinto bilang kanilang tunay apostol. Hindi niya ninanais ang panghihimasok sa nasasakupang namarkahan para sa iba at pag-aangkin ng kanilang gawain na kanyang sarili, gaya ng ginagawa ng mga bulaang guro. Ang iba ay nauunawaan na ang Griyegong salita sa katanungan ay tumutukoy sa isang itinalagang hangganan ng awtoridad."

**10:14 "Sapagkat hindi kami nagsisilagpas ng higit"** Ito ay isa pang *"huper"* na tambalan, *huperekteinō*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Huper na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

▣ **"hanggang sa inyo naman ay nagsirating kami sa ang ebanghelyo ni Kristo"** Si Pablo ang nagtatag ng iglesiya sa Corinto, gayunman ang mga bulaang guro ay sinusubukang kunin ang karangalan (cf. v. 18b).

**10:15 "Na hindi namin ipinagmamapuri ang labis sa aming sukat. . . ang mga gawa ng ibang mga tao"** Ang mga bulaang guro ay inaangkin ang karangalan para sa iglesiya sa Corinto, na itinatag ni Pablo.

**10:16 "Upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dako pa roon ng lupain ninyo"** Ito ay tila tumutukoy sa pagnanais ni Pablo na pumunta sa Roma at/o sa España (cf. Mga Gawa 19:21; taga-Roma 15:22ff). Nais niyang magtatag ng mga iglesiya upang makatulong sa kanya kapwa sa pagkakaloob para sa Herusalem at upang makaya niyang maglakbay sa kalurang Mediteraneo at magtatag ng mas maraming iglesiya.

Para sa "labis," ito ay isa pang "*huper*" na tambalan, (*huperekeinē*), tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Huper na mga Tambalan sa taga-Corinto 2:1.

**10:17 "ANG NAGMAMAPURI AY MAGMAPURI SA PANGINOON"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Jeremias 9:23-24. Ito rin ay isinipi sa I taga-Corinto 1:31. Ang lahat ng pantaong pagmamataas ay kahangalan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kayabangan sa 1:12.

**10:18** Ang tunay na katanungan ay kung anong pangkat, guro, o teolohiya ang pinapagtibay ni Hesus (cf. I taga-Corinto 4:1-5).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang maliwanag na paghati sa pagitan ng mga kabanata 9 at 10.
2. Ano ang ilang mga bintang ng mga bulaang guro laban kay Pablo?
3. Bakit ginamit ni Pablo ang mga panghukbong termino upang ilarawan ang kanyang pakikibaka laban sa mga bulaang guro?
4. Ang mga bulaang guro bang ito ay mga matapat na Kristiyano na may kamalian sa mga maliliit na punto ng teolohiya o sila ay mga pinuno ng kulto na sinusubukang iligay ang mga taon mula sa katotohanan ng Ebanghelyo?

# II MGA TAGA-CORINTO 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Pablo at ang mga Bulaang Apostol | Malasakit para sa Kanilang Katapatan | Tugon ni Pablo sa mga Katunggali | Si Pablo at ang mga Bulaang Apostol | Si Pablo ay Napilitang Ihayang ang Kanyang Sariling mga Pagpuri (11:1-12:18) |
| 11:1-6 | 11:1-4 | 11:1-6 | 11:1-4 | 11:1-6 |
| | Si Pablo at ang mga Bulaang Apostol 11:5-15 | | 11:5-6 | |
| 11:7-11 | | 11:7-11 | 11:7-11 | 11:7-15 |
| 11:12-15 | | 11:12-15 | 11:12-15 | |
| Ang Pagdurusa ni Pablo bilang Apostol | Nag-aatubiling Pagmamapuri | | Ang Pagdurusa ni Pablo bilang Apostol | |
| 11:16-29 | 11:16-21 | 11:16-21a | 11:16-21a | 11:16-21a |
| | Pagdurusa para kay Kristo | | | |
| | | 11:21b-29 | 11:21b-29 | 11:21b-29 |
| | 11:22-33 | | | |
| 11:30-33 | | 11:30-33 | 11:30-33 | 11:30-33 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang mga kabanatang 10-13 ay bumubo ng isang pampanitikang yunit. Sa bahaging ito na lubhang naiiba sa mga nakalipas na kabanata sa II taga-Corinto, ipinagtanggol ni Pablo ang ang kanyang sarili laban sa mga atake ng mga bulaang guro. Ginawa nila si Pablo, ang kanyang sarili na paksa ng panlilibak sa kanilang pagtatangka pasinungalingan ang kanyang ebanghelyo.

B. Sinasagot ni Pablo ang mga paratang ng kanyang mga kritiko sa kabanata 11:4,8,12-15,18-20.

C. Si Pablo ay gumagamit ng kabalintunaan at panunuya upang kalugin ang mga pag-iisip ng mga taga-Corintong Kristiyano patungkol sa kanyang ministeryo (cf. vv. 5, 7, 19, 20, 21).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:1-6

**[1]Aking nais nawa na mapagtiisan ninyo ako sa kaunting kamangmangan: ngunit tunay na ako'y inyong pinagtitiisan. [2]Sapagkat ako'y naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa Diyos: sapagkat kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Kristo na tulad sa dalagang malinis. [3]Nguni't ako'y natatakot, baka sa anomang paraan, kung paanong si Eva ay nadaya ng ahas sa kaniyang katusuhan, ang inyong walang malay at malinis na mga pag-iisip *ng kabanalan* kay Kristo ay pasamain. [4]Sapagkat kung yaong paririto ay mangaral ng ibang Hesus, na hindi namin ipinangaral, o kung kayo'y nagsisitanggap ng ibang espiritu na hindi ninyo tinanggap, o ibang ebanghelyo na hindi ninyo tinanggap, ay pagtiisan niyo *ito* nang maganda. [5]Sapagkat inaakala kong sa anoman ay hindi ako huli sa lubhang mga dakilang apostol. [6]Datapuwat bagaman ako ay magaspang sa pananalita, gayon ma'y hindi ako sa kaalaman; hindi, kundi sa lahat ng paraan ay ipinahayag namin ito sa inyo.**

**11:1 "Aking nais nawa na mapagtiisan ninyo"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ang PANGGITNANG TINIG ay tumutugma sa pagbibigay-diin ng pansariling panimula sa kabanata 10. Ang DI-GANAP NA PANAHUNAN ay maaaring mangahulugang (1) inuulit na pagkilos sa nakalipas o (2) ang pagsisimula ng isang pagkilos. Ang bilang dalawa ay pinaka-umaakma sa konteksto. Tingnan ang mas buong tala sa "pagtitiis" sa v. 4.

▣ **"sa kaunting kamangmangan"** Sa nakalipas, si Pablo ay pinahayag na ang pisikal na paghahalintulad ay kahangalan, ngunit ang mga bulaang guro ay ginagamit siya bilang paksa ng panglilibak. Samakatuwid, siya ay gumagamit ng retorikong paraan ng mga Sophista (i.e., pagmamapuri) laban sa kanila (i.e., isang nanunuyang katatawanan). Kailangan niyang ipagtanggol ang kanyang sarili sa harapan ng iglesiyang ito para sa kanilang sariling kapakanan. Nararamdaman niyang ang paggawa ni to ay kalokohan habang ang mga talatang 17 at 21 ay naninindigan.

▣ **"tunay na ako'y inyong pinagtitiisan"** Ito ay alinman sa isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG (NASB, NKJV, NJB) o isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS (NRSV, TEV). Mayroong tatlong dahila na inihayag sa vv. 2, 4, 5 kung bakit sila ay dapat makinig. Bawat mga dahila ay pinapakilala sa Ingles ng salitang "para sa" (*gar*).

**11:2 "kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang kay Kristo"** Si Pablo, bilang tagapagtatag ng iglesiyang ito, ay kumikilos tulad ng isang magulang upang ipagkasundo sila kay Kristo (cf. taga-Efeso 5:22-33; Pahayag 19:9; 21:2,9; 22:17). Ang OT na kaisipan ng Diyos bilang asawang lalaki ay matatagpuan sa Isaias 54:5; 62:5; at Oseas 1-3; 11:1-4.

▣ **"kayo'y maiharap ko na tulad sa dalagang malinis"** Ito ay ang OT na termino para sa isang kasalang pagdiriwang. Inuulit ni Pablo ang katulad na paksang ito sa taga-Efeso 5:25-27. Si Pablo ay pinong pinagagalitan ang taga-Corintong mga Kristiyano sa pakikinig sa naglalakbay na mga bulaang guro. Sa isang kaunawaan, silang nagtaguyod sa kanila ay naging di-matapat sa espirituwal (i.e., OT espirituwal na pakikiapid).

**11:3 "kung paanong si Eva ay nadaya ng ahas sa kaniyang katusuhan"** Ito ay tumutukoy sa tala ng panunukso na matatagpuan sa Genesis 3 (cf. I Timoteo 2:14). Tandaang ang ahas ang naglayo kay Eba mula kay YHWH sa maliit na hakbang nag nagdudulot ng kalayaang nagtitiwala sa sarili!

Ang terminong nadaya (*exapataō*) ay ginamit lamang ni Pablo sa NT (cf. taga-Roma 7:11; 16:18; I taga-Corinto 3:18; II taga-Corinto 11:3; II taga-Thesalonica 2:3; I Timoteo 2:14). Ang hindi pinatinding anyo, *apataō*, ay ginamit sa Septuagint ng Genesis 3:13 kay Eba. Si Pablo ay gumagamit nito sa taga-Efeso 5:6 at I Timoteo 2:14 (dalawang beses). Ang pandaraya ay kapwa mula sa labas at sa loob. Ang mga mananampalataya ay kailangang patuloy na nagbabantay.

Ang terminong katisuhan (*panourgia*) ay isang tambalan mula sa "lahat" (*pan*) at "gawa" (*ergon*). Si Pablo ay ginamit ito dalawang beses bago sa kanyang mga sulat sa taga-Corinto (cf. I taga-Corinto 3:19; II taga-Corinto 4:2). Nauunawaan ni Pablo ang espirituwal na pakikidigma na kakaharapin ng mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 4:14). Ipinapahayag niya na ang mga bungang masama sa sangkatauhan ay maliwanag sa taga-Roma 1-3 at sa mga mananampalataya sa taga-Roma 7; taga-Efeso 6:10-19. Ang teolohiya ni Pablo ay nagsisimula sa maka-angel at pantaong paghihimagsik.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga pamamaraan sa 2:11.

▣ **"na mga pag-iisip ay pasamain"** Ang PANDIWA *phtheirō* ay isang AORIST BALINTIYAK PASAKALI. Sa isang karagdagang pagkabanggit sa Genesis 3, si Pablo ay gumamit ng terminong ito para sa "pagkawasak" o "pagsira" sa isang moral na kaunawaan nang maraming beses (cf. 7:2; 11:3; I taga-Corinto 3:17; 15:33; taga-Efeso 4:22). Tingnan ang Natatanging Paksa sa

I taga-Corinto 15:42. Ang mga mananampalataya ay maaaring madaya, mapatakbo, at matala ng masama!

▣ **"sa walang malay"** Tingnan ang tala sa 1:12.

▣ **"at malinis"** Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan na nagdadagdag ng "at kadalisayan." Ito ay matatagpuan sa MSS $P^{46}$, $א^{*}$, B, at G (cf. NASB, NRSV, TEV, NIV). Ito ay wala sa MSS $א^{c}$, $D^{c}$, H, K, at P (cf. NKJV, NJB, REB). Ang MS $D^{*}$ ay mayroon ding mas mahabang pagbabasa, ngunit ang mga termino ay nasa kabalikang ayos. Ang mga tekstuwal na iskolar ay hati sa kung ano ang orihinal. Ang pagkakasama ng "kadalisayan" na makikita sa v. 2 at isinasama sa ilang napakagaling at naiiba sa heograpiya ng sinaunang mga manuskrito.

▣
**NASB** **"*ng kabanalan* kay Kristo"**
**NKJV** **"na kay Kristo"**
**NRSV, TEV,**
**NJB, NIV** **"debosyon kay Kristo"**

Ang ABLATIVE NA PANG-UKOL, *apo*, ay nagpapakilala ng tatlong MGA PAKSA.

1. mula sa pagkapayak
2. mula sa kadalisayan
3. mula sa "kay Kristo"

Ano ay ang sangunian sa v. 3? Maraming ng Ingles na salin ang nagbibigay ng "debosyon," ngunit ito ay maaaring tumutukoy sa "kay Kristo," na kilalang parirala ni Pablo sa pansariling pananampalataya kay Kristo.

**11:4 "Sapagkat kung yaong paririto"** Ito isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin. "Yaon" ay tila tumutukoy sa ang punong bulaang guro na may pagkabanggitt sa 10:7,10.

▣ **"ng ibang Hesus, na hindi namin ipinangaral"** Ang mga bulaang guro ay hindi nagtatalo sa ilang nasa paligid, maliit na bagay, ngunit sa persona at gawain ni Hesukristo (cf. I taga-Corinto 3:11). Ito ay maliwanag sa paglalagay ng lahat ng katibayan na magkakasama na mga bulaang gurong ito ay isang pagsasama ng kapwa mga Judaizer gaya ng sa aklat ng taga-Galacia at ang mga Hellenista (i.e., *Sophists*). Ang mga pangalawang ito ay mula sa Herusalem ay tinanggal ang pagbibigay-diin sa pagtutuli, na maaaring dahilan sa mga napagpasyahan sa konseho ng Herusalem sa Mga Gawa 15, ngunit sila ay nagpatuloy sa kanilang pangHudyong legalismo na kahit papaano ay pinagsasama o nalilinang ng Hellenistikong (i.e., *Sophists*) na kaisipan.

Ito ay maaaring si Pablo ay ginagamit ang mga paratang ng mga bulaang guro laban sa kaniya. Siya ay inaakusahan nilang ng "pangangaral ng ibang ebanghelyo."

Silang nasa ating na naniniwala na ang Bibliya ay ang kinasihang salitang ng Diyos ay may maraming mga tanong na sasagutin.

1. Binabasa pa natin ang NT sa pamamagitan ng mga mata OT o ang NT ba ay may pagkahigit sa pagbibigay-kahulugan?
2. Ang mga salita ba ni Pablo (o sinumang may-akda sa NT) ay kinasihan gaya ng mga salita ni Hesus?
3. Ang presensiya ba ng "ilang" pagkakaiba sa gitna ng mga may-akda ng NT ay nagpapahintulot sa makabagong mga tagapagsalin sa ilang "pagkakawag-kawag" sa ilang mga isyu? Papahintulutan ba natin ang katulad na bagay sa gitna ng mga tapagpaliwanag ng sinaunang iglesiya (i.e., mga Ama ng Griyego at Lating Iglesiya; mga kinalaunang mga pinuno ng iglesiya [Augustino, Aquinas, Luther, Calvin, atbp.])? O kung ilalagay sa ibang paraan, paanong ang sinuman ay mauunawaan (bigyang-kahulugan, hangganan) ang *orthodoxy*?

▣ **"kung kayo'y nagsisitanggap ng ibang espiritu na hindi ninyo tinanggap"** Ang ilan ay nakikita ito bilang isang sanggunian sa Banal na Espiritu (cf. taga-Galacia 4:6; TEV), ngunit ito ay tila higit na mabuting iugnay ito sa alinman sa (1) "espiritu ng pagkatakot at pagkaalipin" (cf. taga-Roma 8:15; II Timoteo 1:7) o (2) "ang espiritu ng kapayapaan at kaligayahan" (cf. taga-Roma 14:17). For isang mas buong tala on "espiritu" tingnan ang I taga-Corinto 2:11.

Ang terminong "iba't-iba" ay *heteros*, na nangangahulugang isa pa sa magkakaibang uri. Pinag-iiba ni Pablo ang mga mensahe ng mga bulaang guro at kanyang sarili (cf. taga-Galacia 1:6). Mayroong maraming pagkakatulad sa pagitan ng mga suliraning binanggit sa taga-Galacia1:6-9 at dito.

▣ **"tinanggap. . .tinanggap"** Ang Griyegong mga pandiwang *lambanō* at *dechomai* ay magkasingkahulugan. Ang kapwa payak na mga kahulugan ay hawakan ang isang bagay. Ang dalawang mga tala kay Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, ay nakakatulong.

1. "matanggap o tanggapin ang isang bagay o pakinabang kung saan ang pagkukusa ay manggagaling sa nagbigay, ngunit ang pagtuon ng atensyon ay sa paglipat sa tatanggap" (p. 572).
2. tala sa ibaba 31, "Mayroong maaaring ilang pinong pagkakaiba sa kahulugan sa pagitan ng *dechomai* at *lambanō* na

ang nahuli ay nagpapahiwatig na mas aktibong pakikilahok sa bahagi ng ang isang tumatanggap ng kaloob, ngunit hindi ito matutukoy mula sa mga umiiral na konteksto" (p. 572).

Para sa akin, bilang isang ebandyelikong Kristiyano, ang mga terminong ito ay napakahalaga sa isang nararapat na pagtugon sa ebanghelyo (cf. Juan 1:12). Ang mga pangako ng Diyos, ang mga gawa ni Kristo, at ang panghihikayat ng Espiritu ay kailangang tugunin ng kapwa panimula at nagpapatuloy Ito ang bumubuo ng batayan ng kasunduang konsepto (i.e., ang Diyos ang nagpapasimula, ngunit ang mga tao ay kailangang tumugon).

*Lambanō* ay paulit-ulit sa kontekstong ito (cf. 11:4,8,20,24; 12:16).

▣
**NASB "pagtiisan niyo *ito* nang maganda"**
**NKJV "mabuting pagtiisan ninyo ito"**
**NRSV "magpasakop kayo nang may kahandaan"**
**TEV "iyong malugod na pahintulutan"**
**NJB "at tanging ilagak ninyo ng may kahandaan"**

Ito ay alinman sa isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS o isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay masakit na panunuya ay inuukol sa pagpayag ng mga taga-Corintong Kristiyano na makinig sa mga bulaang guro.

Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito, *anechomai*, nang maraming beses sa kabanatang ito (cf. vv. 1,4,10,20). Sa v. 1 ito ay ginamit sa kaunawaan ng "pagtitiis" (cf. I taga-Corinto 4:12), ngunit sa vv. 4,19,20 ito ay ginamit nang may panunuya sa kaunawaan ng "pagpapahintulot."

**11:5 "Sapagkat inaakala ko"** Sa pampanitikang yunit na ito, si Pablo ay kadalasang gumagamit ng ganitong PANDIWA, *logizomai* (cf. 10:2,7,11; 11:5; 12:6). Ito ay maaaring panghuling-salita o kadasalang-ginagamit na termino ng mga Sophistang bulaang guro.

▣ **"sa anoman ay hindi ako huli"** Ang PANDIWA sa pariralang ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PAWATAS. Sa isang saglit, nakalipas o sa kasalukuya, hindi inisip ni Pablo ang kanyang sarili na mas mababa sa mga inaakalang makapangyarihang kinatawan mula sa Herusalem (cf. 12:11). Ang pananaw na ito ay tinalakay din sa taga-Galacia 1:11-2:14, kung saan ipinagtatanggol din ni Pablo ang kanyang pagka-Apostol.

▣
**NASB, NKJV "sa lubhang mga dakilang apostol"**
**NRSV "sa mga supra-apostol"**
**TEV "sa kanilang lubhang natatanging na tinatawag na mga apostol ninyo"**
**NJB "sa mga supra-apostol"**

Ang ganitong nanunuyang paglalarawan ay isang pagsasama ng dalawang Griyegong mga termino, *huper* (i.e., lagpas at mataas) at *lian* (i.e., dakila o sobra-sobra). Ang naglalarawang pariralang ito ay di-karaniwang at si Pablo ay gumagamit nito, dito lamang at sa 12:11. Ang talatang 5 ay sa konteksto at sa gramatika ay nauugnay sa v. 4, na maliwanag na tumutukoy sa mga bulaang guro (cf. vv. 13-15). Si Pablo ay gumagamit ng terminong "mga apostol" na may panunuya sa dalawang mga kaunawaan: (1) ang Labingdalawa at (2) mga mensaherong ipinadala sa mga iglesiya (cf. v. 13). Tila ang mga bulaang gurong ito ay may ilang kaugnayan sa iglesiya saHerusalem (cf. v. 22 ay ipinapakita sa pagpapakilala na inaangkin nila ang isang pang-Hudyong kaligiran; 12:1 ay ipinapakita na kanilang inaangkin ang mga karismatikong karanasan).

▣ **"lubhang mga dakila"** (*huperlian)* Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

**11:6 "Datapuwat bagaman ako"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Inamin ni Pablo sa kanila na ang Griyegong retorika ay hindi kanyang kalakasan. Ang kanyang kalakasan ay ang kinasihang nilalaman ng kanyang mga mensahe.

▣ **"ako ay magaspang sa pananalita"** Ang terminong ito ay ginamit sa kaunawaan ng "hindi sinanay" o "baguhan" (cf. Mga Gawa 4:13, ito ay ginamit nina Pedro at Juan o I taga-Corinto 14, kung saan ito ay ginamit sa kanilang di-natutuo sa espirituwal na mga kaloob). Ito ay tila nauugnay sa pag-amin na siya ay hindi dalubhasa sa retorika (cf. 10:10; I taga-Corinto 1:17).

Ang punang ito, tila mula sa mga bulaang guro, ay ipinapakita na kanilang dinadakila ang retorikong pagsasalita. Ito ay nagpapahiwatig ng isang Hellenistikong (i.e., mga Sophista) na kaligiran. Tingnan si Bruce W. Winter, *Philo and Paul Among the Sophists*.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:7-11

**7 Ako nga baga'y nagkasala sa pagpapakababa ko sa aking sarili, upang kayo'y mangataas dahil sa ipinangaral ko**

**sa inyo na walang bayad ang ebanghelyo ng Diyos? [8]Aking sinamsaman ang ibang mga iglesiya, sa pagtanggap ko ng upa *sa kanila*, upang ipangasiwa ko sa inyo; [9]At pagka ako'y kaharap ninyo at ako'y nagkukulang ng ikabubuhay, ako'y hindi naging pasan sa kanino man; sapagkat mga kapatid nang sila'y manggaling sa Macedonia ay tumakip ng aming pangangailangan; at sa lahat ng mga bagay ay pinagingatan kong huwag maging pasanin ninyo, at magiingat nga ako. [10]Kung paanong nasa akin ang katotohanan ni Kristo, sinoman ay hindi makapipigil sa akin sa pagmamapuring ito sa mga dako ng Acaya. [11]Bakit? sapagkat hindi ko baga kayo iniibig? Nalalaman ng Diyos *na ginagawa ko*.**

**11:7 "Ako nga baga'y nagkasala sa pagpapakababa ko sa aking sarili, upang kayo'y mangataas"** Ang talatang 7 ay isang katanungan na inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ito ay isa pang halimbawa ng panunuya ni Pablo na nauugnay sa nagpapatuloy na pagtatalo sa kanyang hindi pagtanggap ng salaping tulong mula sa iglesiya sa Corinto (cf. I taga-Corinto 9:3-18).

Ang salitang "kasalanan" (*hamartia*) ay ginamit sa isang non-moral kaunawaan of "did I make isang mistake" o "misjudgment." Tandaang, konteksto, konteksto, konteksto – ay nagpapasiya salitang kahulugan. Be careful of pre-set teolohikong definitions of mga salita read into bawat occurrence!

**"ang ebanghelyo ng Diyos"** Pansinin rin na ang ebanghelyo ni Kristo (cf. 2:12; 9:13; 10:14) ay ang ebanghelyo ng Diyos!

**11:8 "Aking sinamsaman ang ibang mga iglesiya"** Ang mga Griyego at taga-Roma ay nagbabayad sa kanilang naglalakbay na mga guro, ngunit nalalaman ito ni Pablo na pagmumulan kritisismo ng mga bulaang guro at tinanggihan niya ang pagtanggap ng salaping tulong mula sa iglesiyang ito (o sa anumang iglesiya habang siya ay naglilingkod sa kanila, cf. I taga-Thesalonica 2:5-9; II taga-Thesalonica 3:7-9). Si Pablo ay tumanggap ng tulong mula sa kapwa Filipos at Thessalonica pagkatapos na siya ay lumisan (cf. taga-Filipos 4:15-18 at maaaring I taga-Thesalonica 3:6). Tile ito ay nakakasakit sa damdamin ng iglesiya (cf. v. 11; 12:13,14; I taga-Corinto 9:12,15,18).

**"mga iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:2.

**"upang ipangasiwa ko sa inyo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

**11:10 "Kung paanong nasa akin ang katotohanan ni Kristo"** Ito ay isang pangwikaing paraan ng pagpapahayag katapatan o ang kaunawaan sa inspirasyon ni Pablo (cf. taga-Roma 9:1). Tingnan ang Natatanging Paksa: "Katotohanan" sa mga Sulat ni Pablo sa 13:8.

**"hindi makapipigil sa akin sa pagmamapuring ito sa mga dako ng Acaya"** Ito ay isang malakas na Griyegong terminong na ginamit sa Septuagint para sa paglalagay ng dam sa isang ilog. Tinanggiha ni Pablo na kunin ang salapi mula sa ang iglesiya sa Corinto at tila kanyang ginawa ito na makilala sa madla at madalas. Para sa "pagmamapuri" tingnan ang buong tala sa 1:12.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:12-15

**[12]Datapuwat ang aking ginagawa ay siya kong gagawin, upang maputol ko ang kadahilanan sa mga nagnanasa ng kadahilanan; upang sa anomang ipinagmamapuri nila ay mangasumpungan sila na gaya namin. [13]Sapagkat ang mga gayong tao ay mga bulaang apostol, mga magdarayang manggagawa, na nangagpapakunwaring mga apostol ni Kristo. [14]At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. [15]Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na waring ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa.**

**11:12** Nakikilala ni Pablo ang kanyang katunggali. Kanyang sinubukang tanggalin ang bawat pagkakataon para sa kanilang mga pag-atake. Kanyang tinakdana ang kanyang kalayaan at mga karapatan upang ipagtanggol at palawakin ang ebanghelyo (cf. taga-Roma 14:1-15:13).

**11:13 "Sapagkat ang mga gayong tao ay mga bulaang apostol"** Ang mga taga ibayong-lugar na pangrelihiyong mga pinuno, maaaring mula sa Herusalem, ay nag-aangkin ng awtoridad. Tinawag sila ni Pablo na mga bulaang apostol at mga bulaang kapatid (cf. v. 26).

**"mga magdarayang manggagawa"** Ang salitang ito ay mula sa PANGNGALAN na nangahulugang "panghuli ng isa." Kanilang sinubukang hulihin ang mga taga-Corintong mananampalataya para sa kanilang sariling mga layunin at upang itaguyod ang kanilang mga pangalan.

**"na nangagpapakunwaring mga apostol ni Kristo"** Ang mga ito ay hindi natatapat na mga Kristiyano na nailigaw. Sila

na nasa espirituwal na napahamak na tao (cf. v. 14) ay nagtatangkang hatiin ang iglesiya ng Diyos (cf. I taga-Corinto 3:10-15). Sila ay mga lobo sa pananamit ng tupa (cf. Mateo 7; Mga Gawa 20:29; II Pedro 2:1-22; Judas vv. 3-16).

Ang terminong "nagkukunwari" (i.e., *metaschēmatizō*) ay ginamit sa vv. 13,14,15. Ito ay nagsasabi ng panlabas na pagbabago ng anyo ng anumang bagay o sinuman (cf. taga-Filipos 3:21). Sila (i.e., mga bulaang guro at Satanas) ay makikita sa kung ano sila hindi!

**11:14 "sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan"** Ito ay isang maliwanag na katotohanan, ngunit ay wala saan man sa Bibliya ang naghahayag ng ganitong mga termino. Ito ay maaaring mula sa rabinikong mga tradiyson patungkol sa Genesis 3 (cf. DSS cave 1, *Manual of Discipline* 3:20,24). Ang pangunahing pandaraya ni Satanas ay pagbabalatkayo bilang katotohanan (cf. Genesis 3). Ang kasamaan ay palaging sinusubukang gahayin o huwarin ang mabuti. Ang mga bulaang guro ay palaging dumarating sa loob ng iglesiya (cf. II Pedro 2; I Juan 2:18-19). Tingnan ang Natatanging Paksa: Personal na Kasamaan sa I taga-Corinto 7:5.

**11:15 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Mayroong kinasihan ni Satanas na mga bulaang guro sa loob ng iglesiya sa Corinto. Sila ay kasama natin ngayon!

▣ **"ministro ng katuwiran"** Hindi madalas gamitin ni Pablo ang "katuwiran" sa kaunawaang ginagamit niya dito. Dito, ito ay may kahulugang "kabutihan" o "pagiging tama" (cf. Mateo 6:1), ngunit hindi sa teolohikong kaunawaan ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. taga-Roma 4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I taga-Corinto 1:30. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamumunong Naglilingkod sa I taga-Corinto 4:1.

▣ **"na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa"** Ito ay tila isang pagkabanggit sa Kawikaan 24:12. Ito rin ay ang payak na katotohanan ng Bibliya. Tingnan ang buong tala sa 5:10.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:16-21a

**16 Muling sinasabi ko, Huwag isipin ng sinoman na ako'y mangmang; ngunit kung *gagawin niyo ang* gayon, gayon ma'y tanggapin ninyo akong gaya ng isang mangmang, upang ako naman ay makapagmapuri ng kaunti. 17 Ang ipinangungusap ko ay hindi ko ipinangungusap ayon sa Panginoon, kundi gaya ng sa kamangmangan, sa pagkakatiwalang ito sa pagmamapuri. 18 Yamang maraming nagmamapuri ayon sa laman, ako nama'y magmamapuri. 19 Sapagkat pinagtitiisan ninyo na may kasayahan ang mga mangmang, palibhasa'y marurunong kayo. 20 Sapagkat inyong pinagtitiisan ang sinoman, kung kayo'y inaalipin, kung kayo'y sinasakmal, kung kayo'y pinagsasamantalahan, kung siya'y nagpapalalo, kung kayo'y sinasampal sa mukha. 21 Sinasalita ko ang tungkol sa *aking* kapulaan, na wari ay naging mahina kami *sa pamamagitan ng paghahambing*.**

**11:16 "Huwag isipin ng sinoman na ako'y mangmang. . .upang ako naman ay makapagmapuri ng kaunti"** Si Pablo ay hindi nagiginhawaan sa pansariling pagmamapuri (cf. vv. 1,17). Ang mga bulaang guro pinilit siyang gamiting ang kanilang mga pamamaraan (i.e., ang paraan ng mga kabanata 10-13 ay nagpapakilala ng mga katangian ng Hellenistiko na retorikong mga anyo).

Para sa "mangmang" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 15:36. Para sa "kayabangan" tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas sa I taga-Corinto 5:6.

▣ **"kung"** Ito ay isang hindi buong UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (i.e., hindi PANDIWA). Ang taga-Corintong mga mananampalataya ay nagulat sa sulat ni Pablo.

**11:17** Binabanggit ni Pablo ang buhay at pag-uugali ni Hesus sa 10:1 (i.e., sa kaamuhan at pagkamahinahon ni Kristo), ngunit kapag dumating sa pagmamapuri o pantaong paghahambing, kailangang aminin ni Pablo na ito ay hindi alinsunod kay Hesus.

**11:18 "Yamang maraming nagmamapuri ayon sa laman, ako nama'y magmamapuri"** Ito ay ang pangunahing pagtuon ng mga kabanata 10-13. Ang mga bulaang guro ay inatake si Pablo at kanyang ebanghelyo sa paghahambing ng kanyang pinagmulan at espirituwal na kaloob sa kanila (cf. v. 8). Si Pablo ay nababahala na ang iglesiya ay nakinig sa kanila at nadala ng kanilang mga pangangatuwiran. Samakatuwid, siya ay nagpasya na bumaba sa kanilang antas para sa layunin na maakit ang iglesiyang ito pabalik sa pagtitiwala sa kanyang pamumuno at kanyang ebanghelyo.

**11:19-20** Ito ay masakit na panunuya na itinuon sa iglesiya sa Corinto. Ang lahat ng bagay na pinaparatang kay Pablo ng mga bulaang guro, ay kanilang isinasabuhay at ang iglesiya ay paayong tumutugon sa kanila!

▣ **"pinagtitiisan"** Tingnan ang tala sa v. 4.

**11:20 "kung kayo'y inaalipin ng sinoman"** Ito ay nagsisimula sa isang kalipunan ng limang UNANG URING PANGUNGUSAP NA

MAY MGA PASUBALI. Ang PANDIWA (i.e., *katadouloō*) ay tanging ginagamit dito at sa taga-Galacia 2:4 kung saan ito ay tumutukoy sa mga Judaizer. Ang mga Judaizer ay nagpapahayag na isa ay kailangang maging isang buong Hudyo bago siya maging isang Kristiyano. Kung paanong ang mga bulaang guro ay nauugnay sa mga Judaizer ay di-tiyak. Ang tiyak na mga kautusan o mga ritwal rin na inilagak ng mga bulaang guro sa Corinto bilang pangangailangan para sa kaligtasan ay di-tiyak.

▣ **"kung kayo'y sinasakmal"** Si Pablo ay gumamit nitong PANDIWA nang dalawang beses lamang, dito at sa taga-Galacia 5:15, na naglalarawan din ng isang iglesiya na may paglalaban sa mga bulaang guro.

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV "kayo'y pinagsasamantalahan,"**
**NKJV "kumikikil sa inyon"**
**NJB "pinanatili kayo sa kanilang mga utos"**

Ito ay ang karaniwaang PANDIWA *lambanō*, ngunit may isang talinghagang pagpapahab sa literal na kaunawaan ng "pagsasamantala" Dito, ito ay upang gamitin para sa pansariling pakinabang.

▣

**NASB, NKJV "siya'y nagpapalalo"**
**NRSV "siya'y nagmamataas"**
**TEV "ibinababa ka"**
**NJB "itinatakda ang sarili na mataas sa inyo"**

Ginamit ni Pablo ang katulad na termino sa 10:5 upang ilarawan ang pagkapalalo ng mga pangangatuwiran at mga haka-haka ng mga bulaang guro. Ang terminong ito ay ang karaniwang salita sa "magmataas" (cf. I Timoteo 2:8). Ngunit, sa I taga-Corinto ito ay may pasalungat na mga kahulugan ng pantaong kayabangan at pagkapalalo.

▣ **"kayo'y sinasampal sa mukha"** Ang mga salita ni Pablo ay dinaluyan ng panunuya (cf. v. 21). Siya ay lubhang mahinahon at maamo (cf. 10:1) sa kanila, ngunit tinanggihan nila siya; ang mga bulaang guro ay lubhang makasarili at manggagamit, ngunit inibig nila sila.

**11:21 "sa *aking* kapulaan"** Ito sa literal ay "ayon sa kasiraang-puri." Naramdaman ni Pablo na ang kanyang kaamuhan at kahinahunan ay di-naunawaan at sinamantala ng mga bulaang guro. Ito ay maaaring isa pang halimbawa ng panunuya.

▣ **"mahina"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:21b-29

**[21b]Nguni't kung ang sinoman ay matapang sa anoman (nangungusap ako sa kamangmangan), ako'y matapang din naman. [22]Sila baga'y mga Hebreo? ako man. Sila baga'y mga Israelita? ako man. Sila baga'y binhi ni Abraham? ako man. [23]Sila baga'y mga ministro ni Kristo? (ako'y nangungusap na waring nasisira ang bait) lalo pa ako; sa pagpapagal ako'y lubhang sagana, sa mga bilangguan ay lubhang madalas, sa mga palo ay walang bilang, sa mga ikamamatay ay malimit. [24] Sa mga Hudyo ay tumanggap ako ng tatlumpu't-siyam na *palo*. [25] Tatlong beses na ako'y hinampas ng mga panghampas, minsan ako'y binato, tatlong beses na ako ay nabagbagan ng barko, isang araw at isang gabi na ako'y nasa kalaliman ng dagat; [26]*Ako ay nasa* mga paglalakbay ay madalas, sa mga kapanganiban sa mga ilog, sa mga kapanganiban sa mga tulisan, sa mga kapanganiban sa *aking* mga kababayan, sa mga kapanganiban sa mga Gentil, sa mga kapanganiban sa bayan, sa mga kapanganiban sa mga ilang, sa mga kapanganiban sa dagat, sa mga kapanganiban sa gitna ng mga bulaang kapatid; [27]*Ako ay nasa* pagpapagal at sa pagdaramdam, sa mga pagpupuyat ay madalas, sa gutom at uhaw, mga pagaayuno ay madalas, sa ginaw at kahubaran. [28]Bukod sa mga bagay na *yaon,* ay may umiinis sa akin sa araw-araw, ang kabalisahan dahil sa lahat ng mga iglesiya. [29]Sino ang nanghina, at ako'y hindi nanghina? Sino na inakay sa kasalanan, at ako'y walang matinding pag-aalala?**

**11:21b** Si Pablo ay handang makipagtunggali ng apoy sa apoy. Ninanais nilang maghalintulad ng mga katibayan, kaya mangyari nga ito!

**11:22 "Sila baga'y mga Hebreo? ako man"** Ito ay ang una sa apat na retorikong mga tanong. "Mga Hebreo" sa wikain ay tumutukoy sa kakayahang magsalita ng Aramaiko (cf. Mga Gawa 6:1), ngunit may impikasyon ng tunay panlahing mga Hudyo. Ito ay isa pang katibayan ang pangkat na ito ng mga bulaang guro ay may isang Palestiniano/pang-Hudyong pinagmulan.

Ang "ako man" (i.e., *kagō*) ay inuulit nang tatlong beses sa v. 22.

▣ **"Sila baga'y mga Israelita? ako man"** Tila kanilang pinagmamayabang na sila ay bahagi ng mga tao ng Diyos sa OT na kasunduan (cf. taga-Filipos 3:5; Juan 8:31-59).

**11:23 "sila baga'y mga ministro ni Kristo?"** Hindi ipinapahayag dito ni Pablo na sila ay mga Kristiyano. Siya ay payak na nagpapahayag, alang-alang sa pangangatuwiran, na siya ay may katulad na espirituwal na mga katibayan na kanilang pinagmamalaki. Kanilang inaangkin isang espirituwal na pagkamataas kay Pablo.

**"lalo pa ako"** Si Pablo ay may isang kalipunan ng mga paghahambing na may *en*.

1. sa lalo pang mga pagpapagal, v. 23
2. sa lalo pang mga pagkabilanggo, v. 23
3. sa laong higit pang mga palo o hampas, v. 23
4. sa madalas na panganib ng kamatayan, v. 23
   a. pinalo na may tatlongpu't-siyam na hampas (5 beses), v. 24
   b. pinalo ng gabilya (tatlong beses), v. 25
   c. binato (minsan), v. 25
   d. nawask na bapor (tatlong beses), v. 25

Ang ilang sa mga ito ay nakatala sa Mga Gawa, ngunit hindi lahat ng mga tio. Sa katotohanan kakaunti ang ating natataman sa g unang siglong iglesiya. Si Pablo ay nagpagal sa paghahayag ng ebanghelyo!

**11:24 "Sa mga Hudyo ay tumanggap ako ng tatlumpu't-siyam na *palo*"** Ito ay tumutukoy sa parusang iginagawad ng mga hukuman sa Sinagoga (cf. Deuteronomio 25:1- 3). Ang mga marka ay maaaring nakuha sa isang panghampas (cf. Exodo 21:20; Kawikaan 10:13; 19:29; 26:3) at ginagawa sa madla. Ang ganitong uri ng pagpaparusa at kilala at isinasagawa sa Assyria at Ehipto. Ito ay pinatutupad sa Israel (cf. Isaias 50:6; Jeremias 20:2; 37:15).

Ang mga rabbi pagkatapos na maisakodigo ito ay kailangang kulang sa apatnapung palo (i.e., ang pinakamataas na bilang, cf Josephus, *Antiq.* 4:8:21,23). Kanilang tinukoy ito upang lubhang maraming pagpalo ang magawa sa likod at sa harapan, kaliwa at kanang balikat (cf. *Maccoth* 3:10ff).

**11:25 "hinampas ng mga panghampas"** Ito ay tumutukoy sa isang uri ng Romanong Hukumang pagpaparusa (i.e., *verberatio*), na maaaring ipatupad ng isang hukuman ng lungsod (cf. Mga Gawa 16:22-40; I taga-Corinto 4:21) sa madla.

**"minsan ako'y binato"** Sa Mga Gawa 14:19 ang mga umaatake sa kanya ay inisip na siya ay patay na! Ito ay maaaring isang insidente.

**"tatlong beses na ako ay nabagbagan ng barko"** Ipinapakita nito kung gaano ang tunay ang limitasyon ng kasaysayan ng Mga Gawa. Ang pagkawasak ng bapor ni Pablo na naitala sa Mga Gawa ay nagyari pagkatapos ng puntong ito sa kasaysayan. Mga Gawa ay hindi isang hustong kasaysayan, ngunit isang teolohikong tala ng ebanghelyo na kumikilos mula sa Palestina patungong Roma, mula sa mga Hudyo patungo sa mga Hentil.

**11:26**
**NASB "Sa mga paglalakbay ay madalas"**
**NKJV "madalas maglakbay"**
**NRSV "sa mga malimit na paglalakbay"**
**TEV "sa maraming mga palalakbay"**
**NJB "patuloy na paglalakbay"**

Nagsimula ito sa isa pang tala ng DATIBONG MGA PANGMARAMIHAN o sa walong KALAGAYANG sistema tulad ni A. T. Robertson, ito ay minarkahan na PANGTUNTON. Mayroong hindi PANDIWA, PANDIWARI, o PAWATAS sa vv. 26,27,28. Ito ay naglalarawan sa paglilingkod ni Pablo kay Kristo.

1. mga panganib mula sa mga ilog
2. mga panganib mula sa magnanakaw
3. mga panganib mula sa aking kababayan (gaya nang siya ay nasa Corinto)
4. mga panganib mula sa mga Hentil
5. mga panganib sa lungsod
6. mga panganib sa ilang
7. mga panganib sa dagat
8. mga panganib sa gitna ng mga bulaang kapatid (gaya nang siya ay nasa Corinto)

**11:27 "*Ako ay nasa*"** Si Pablo ay nagsimula ng isang tala na ginagamitan ng DATIBO/PANGTUNTON.

1. sa pagpapagal
2. sa paghihirap
3. sa mga gabing walang tulog
4. sa pagkagutom

5. sa pagkauhaw
6. sa pag-aayuno nang maraming bese (lit. "kadasalang walang pagkain")
7. sa taglamig
8. sa pagkahubad (lit. "sa pagkabunyag")

Lahat tayo na nag-aangkin na maging mga lingko ng ebanghelyo dapat tumigil sa kakadaing!

**11:28** Ang isa pang bagay na nagdudulot ng araw-araw pasakit kay Pablo ay ang sikolohiko/espirituwal na pag-aalala para sa kalusugan at pagiging mabisa ng mga iglesiya—maaaring ito ang pinakamasakit sa lahat!

**11:29 "Sino ang nanghina, at ako'y hindi nanghina"** Ang talatang 29 ay may dalawang retorikong mga tanong. Kapag nakikita ni Pablo ang mga iglesiya at mga mananampalataya na nasasaktan, nasasaktan siya nito at ginawa siyang galit sa kanila na nagdudulot sa mga munti na matisod (cf. Mateo 18).

▣
**NASB "matinding pag-aalala"**
**NKJV "sumiklad na may pagngingitngit"**
**NRSV "pagngingitngit"**
**TEV "puno ng pag-aalala"**
**NJB "sumiklad sa paghihirap"**

Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito, pagniningas, sa isang natatanging kaunawaan sa kanyang mga sulat sa Corinto. Ito ay hindi pasalungat o mapangwasak (cf. taga-Efeso 6:16), ngunit isang talinghaga para sa matinding pagnanais (cf. I taga-Corinto 7:9).

▣
**NASB, TEV "na inakay sa kasalanan"**
**NKJV, NRSV "natitisod"**
**NJB "nahulog sa kasalanan"**

Ito ay ang Griyegong terminong *skandalon*, na sa literal ay tumutukoy sa isang pinainang patpat (cf. taga-Roma 11:9). Ito ay ginamit sa ang kaunawaan ng pagkabigong moral (dito at I taga-Corinto 8:13) o maaaring nahikayat ng bulaang teolohiya ng "mga supra-apostol" (cf. I taga-Corinto 1:23; taga-Galacia 5:11).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:30-33

**[30]Kung kinakailangang ako'y magmapuri, ako'y magmamapuri sa mga bagay na nauukol sa aking kahinaan. [31]Ang Diyos at Ama ng Panginoong Jesus, na mapalad magpakailan pa man, ang nakakaalam na ako'y hindi nagsisinungaling. [32]Sa Damasco ay binantayan ng gobernador na sakop ng haring Aretas ang bayan ng mga taga Damasco, upang ako'y hulihin: [33]At sa isang dungawan, ay napahugos ako sa kuta, sa isang balaong, at ako'y nakatanan sa kanilang mga kamay.**

**11:30 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI.

▣ **"sa mga bagay na nauukol sa aking kahinaan"** Ang mga pagsubok at mga kritisismo ni Pablo na nagdulot sa kaniya na maunawaan na ang kanyang kalakasan ay mula sa Diyos at kanyang mga kahinaan ay isang pagkakataon para sa Diyos na tumanggap ng kaluwalhatian (cf. 12:1-10).

**11:31 "Diyos at Ama ng Panginoong Hesus"** Ang talatang ito ay isang panunumpa. Si Pablo ay lubhang kadalasang umagamit ng pangalan ng Dioys upang ipahayag ang pagiging totoo ng kanyang mga pahayag (cf. taga-Roma 1:9; II taga-Corinto 1:18; 11:10,11; taga-Galacia 1:20; I Timoteo 2:7).

▣ **"magpakailan man"** Ito sa literal ay "sa mga panahon" (cf. taga-Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27). Ang katulad na parirala, ngunit PANG-ISAHAN, ay na matatagpuan sa I taga-Corinto 8:13 at II taga-Corinto 9:9. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at ang Panahong Darating sa I taga-Corinto 1:20.

**11:32-33 "Sa Damasco ay binantayan ng gobernador na sakop ng haring Aretas"** Ang ilan ay nagsasabi na ito ay anti-klimatiko, ngunit ito ay tila ang pinaka-nakakahiyang (i.e., pinakamahinang) sandali sa buhay ni Pablo. Ito ay maaaring tumutukoy sa isa pang paratang ng mga bulaang guro. Ang Haring Aretas (i.e., *Harethath*) ay hari ng Emperyong Nabatean mula sa 9 B.C. hanggang A.D. 40. Siya ay ang ninong ni Herod Antipas. Ang terminong "Aretas" ay tulad ng terminong "Paraon," isang titulo para sa ahat ng mga Hari ng Nabatean na namumuno sa Petra. Ang "ethnarch" ay maaaring opisyal na kinatawan ni Aretus sa Damasco. Ang tala ng Mga Gawa 9:23-25 ay tila naiiba; maaaring ang mga bulaang guro ay ginamit ang pagkakataong ito upang siraan ang katangian ni Pablo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang sarili laban sa mga yaong bulaang guro?
2. Ang v. 3 ba ay tumutukoy sa pagkahulog mula sa biyaya o panunukso palayo sa apostolikong awtoridad?
3. Bakit hindi tinanggap ni Pablo ang salapi mula sa Iglesiya sa Corinto?
4. Sinyo ang yaong mga bulaang apostol?
5. Ilarawan ang teolohiya ng yaong mga bulaang guro?
6. Bakit ang buhay ni Pablo na may ganitong malupit na pakikitungo ay isang tanda ng kanyang apostolikong awtoridad? (cf. I taga-Corinto 4:9-13: II taga-Corinto 4:8-12; 6:4)

# II MGA TAGA-CORINTO 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Pangitain at mga Kapahayagan | Ang Pangitain ng Paraiso | Karagdagang Pagmamataas: Kalakasan sa Kahinaan | Mga Pangitain at Kapahayagan ni Pablo | Si Pablo ay Napilitang Ihayag ang Kanyang Sariling Papuri |
| | | | | (11:1-12:18) |
| 12:1-10 | 12:1-10 | 12:1-10 | 12:1-6 | 12:1-6 |
| | | | 12:7-10 | 12:7-10 |
| Ang Pagmamalakit ni Pablo sa Iglesiya sa Corinto | Mga Tanda ng isang Apostol | | Ang Pagmamalasakit ni Pablo sa mga taga-Corinto | |
| 12:11-18 | 12:11-13 | 12:11-13 | 12:11-13 | 12:11-13 |
| | Ang pag-ibig para sa Iglesiya | Mga Planong Muling Pagdalaw sa Corinto | | |
| | | (12:14-13:10) | | |
| | 12:14-21 | 12:14-18 | 12:14-15 | 12:14-15 |
| | | | 12:16-18 | 12:16-18 |
| | | Isang Panawagan para sa Pagsusulit at Pagbabago sa Sarili | | Mga Takot at Agam-agam ni Pablo |
| | | (12:19-13:10) | | (12:19-13:10) |
| 12:19-21 | | 12:19-21 | 12:19-21 | 12:19-21 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang natatanging pangitakin ni Pablo at kanyang pisikal na mga suliranin ay kapwa ay matatalakay sa loob ng katulad na konteksto, maaaring kapwa 14 na taon ang nakalipas sa Tarso (A.D. 42 o 43). Hindi ito tumutukoy sa kanyang karanasan sa pagbabagong-buhay na nangyari nang mas maaaga ng 20 taon, bagaman aking iniisip na ang kanyang "tinik" ay suliranin sa mata, na maaaring nagsimula sa kanyang pakikipagtagpo kay Hesus sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9:22,26).

B. Si Pablo ay nagpapatuloy na kanyang masakit na panunuya sa vv. 11,13 at 15 na gaya nang ginawa niya sa 11:4-5,7,19-21. Naniniwala ako na ang mga kabanata 10-13 ay naisulat sa isang Hellenistikong retorika na pamamaraan para sa layunin ng pagpapakita na kapalaluan ng mga bulaang gurong Hudyo na may Hellenistikong pagsasanay na siya nalalaman niya rin at maaaring gamitin sa kanilang ginustong pampanitikang pamamaraan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-10

**1 Kinakailangang ako'y magmapuri, bagaman ito'y hindi kapaki-pakinabang; ngunit aking sasaysayin ang mga
pangitain ko at mga pahayag ng Panginoon. 2 Nakikilala ko ang isang lalake kay Kristo, na mayroong nang labingapat
na taon (maging sa katawan, di ko alam; o maging sa labas ng katawan, di ko alam; Diyos ang nakaaalam) na inagaw
hanggang sa ikatlong langit. 3 At nakikilala ko ang taong iyan (maging sa katawan, o sa labas ng katawan, di ko alam;
Diyos ang nakaaalam), 4 Na kung paanong siya'y inagaw sa Paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod na hindi
nararapat salitain ng tao. 5 Tungkol sa taong yaon ako'y magmamapuri: ngunit tungkol sa aking sarili ay hindi ako
magmamapuri, maliban na sa aking mga kahinaan. 6 Sapagkat kung ibigin kong ako'y magmapuri, ay hindi ako
magiging mangmang; sapagkat sasalitain ko ang katotohanan: ngunit nagpipigil ako, baka ang sinoman ay
magakalang ako'y mataas sa nakikita niya sa akin, o naririnig sa akin. 7 At nang ako'y huwag magpalalo ng labis dahil
sa nakakahigit na kadakilaan ng mga pahayag, ay binigyan ako ng isang tinik sa laman, ng isang sugo ni Satanas,
upang ako'y pahirapan, nang ako'y huwag magpalalo ng labis. 8 Tungkol dito'y makaitlo akong nanalangin sa
Panginoon, upang ilayo ito sa akin. 9 At siya'y nagsabi sa akin, Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagkat ang aking
kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking
kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Kristo. 10 Kaya nga ako'y nagagalak sa mga kahinaan, sa
mga pagkaapi, sa mga pangangailangan, sa mga pagkakausig, sa mga paghihinagpis, dahil kay Kristo: sapagkat pagka
ako'y mahina, ako nga'y malakas.**

**12:1 "Kinakailangang ako'y magmapuri"** Ang Griyegong terminong *dei* ay nangangahulugang "pangangailangan." Ang mga bulaang guro ay inaatake si Pablo. Kaniyang ipinagtatanggol ang kanyang sarili upang pangalagaan ang kanyang mensahe. Ang terminong "pagmamapuri," ay lubhang madalas gamiting sa mga kabanata 10-13 (cf. 10:8,13,15,16,17; 11:12,16,18,30; 12:1,5, 6, 9, tingnan ang buong tala sa 1:12 at Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 5:6), na kinapapalooban ng isang uri ng retorikong pamamaraan na kilala noong unang siglo. Ipinakita ni Pablo sa mga mapagmataas na mga bulaang guro na kaya niyang laruin ang kanilang pakana.

Ang pangungusap na nito ay nakakalita sa sinaunang mga eskriba, na binago ito sa maraming paraan.

1. ilan ay nagdagdag ng "kung" (MSS $\aleph^2$, H)
2. ilan ay binago ang *dei* (kailan) sa *de* (ngunit), (MSS $\aleph$ at D)
3. ang anyo sa $UBS^4$ ay itinataguyod ang MSS $P^{46}$, B, $D^2$, F, G ("A" na antas)

Ang mga bilang na 2 at 3 ay nagpapakita kung papaanong ang sinaunang ang orihinal na Griyegong mga teksto ay nababago ng mga eskribang may mabuting layunin.

**NASB "bagaman ito'y hindi kapaki-pakinabang"**
**NKJV "walang alin-langang walang pakinabang"**
**NRSV "wala itong pakinabang"**
**TEV "kahit na ito ay walang nagawang mabuti"**
**NJB "hindi na ito gumagawa ng anumang mabuti"**

Kung ang pagmamapuri ni Pablo ay walang pakinabang, bakit gagawin ito? Ginawa niya ito na may panunuya para sa epekto nito, na gumagamit ng tiyak na mga termino at pamamaraan ng mga bulaang guro (i.e., sinanay sa retorika na mga Hudyong mga mananampalataya ng Diaspora na sa anumang paraan ay kaugnay ng iglesiya sa Herusalem, katulad ng mga Judaizer ng taga-Galacia at ang Fariseong sangkap na makikita sa konseho sa Herusalem ng Mga Gawa 15).

**"ng mga pangitain at mga pahayag"** Mayroong maaaring walang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang mga termino; kapwa naglalarawan ng isang uri ng tuwirang kapahayagan (cf. I taga-Corinto 2:10; 11:23; taga-Galacia 1:12; 2:2; taga-Efeso 3:3). Ang mga bulaang guro ay maaaring nag-aangkin ng natatanging tuwirang kapahayagan. Ang terminong "kapahayagan" ay *apocalypse*, na nangangahulugang "isang paglalantad."

Ang mga bulaang guro, noon at ngayon, ay may mga katangiang

1. pang-aabusong seksuwal
2. pang-aabuso sa pananalapi
3. isang pag-aangkin sa natatanging at nag-iisiang kapahayagan

**"ng Panginoon"** Ito ay maaaring isang PANARILING DYENITIBO, "isang kapahayagan mula sa ang Panginoon" o isang

NILALAYONG DYENITIBO, “patungkol sa ang Panginoon.” Ang sumusunod na konteksto ay nagpapahiwatig ng “mula sa Panginoon” (BALINTIYAK MGA TINIG, vv. 2,4,7).

**12:2 “nakikilala ko ang isang lalake”** Ito ay isang rabinikong paraan sa pagsasabi ng tungkol sa sarili. Si Pablo ay tila nag-aatubili na banggiting ang pangyayari, ngunit kanyang ginawa dahil sa kanyang pag-ibig sa iglesiyang ito at sa pag-aangkin ng mga bulaang guro sa espirituwal na mga pangitain.

▣ **“kay Kristo”** Ito ay ang itinatangging pagtawag ni Pablo sa pagiging isang Kristiyano. Ang mga mananampalataya ay makikilalang kasama ng Kanyang buhay/kamatayan/muling pagkabuhay (cf. taga-Roma 6). Ang lauyunin ng mananampalataya ay maging katulad Niya (cf. taga-Roma 8:29; II taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15).

Si George Ladd, *A Theology of New Testament*, ay gumawa ng nakakawiling pahayag na

> “ang taong kay Kristo rin ay sa Espiritu. Kung ang kasalungat ng ‘kay Kristo’ ay maging kay Adan, ang kasalungat ng ‘sa Espiritu’ ay maging ‘sa laman.’
>
> Ang buhay sa Espiritu nangangahulugan ng eskatolohikong pag-iral—buhay sa bagong panahon” (p. 483).

▣ **“mayroong nang labingapat na taon”** Ito ay maaaring sa panahon ng di naitalang sinaunang ministeryo ni Pablo sa Tarso, bago dumating Bernabe upang tulugan siya papuntang Antioch (cf. Mga Gawa 11:25-26). Pansinin na ang natatanging mga pangitain ay hindi isang pang-araw-araw na pangyayari kay Pablo, ngunit siya ay mayroong marami nito (cf. Mga Gawa 9:4; 18:9; 23:11; 27:23).

▣ **“maging sa katawan, di ko alam; o maging sa labas ng katawan, di ko alam”** Si Pablo sa kanyang sarili ay hindi nakakatiyak kung ano ang nangyari (ang parirala ay inuulit nang dalawang beses sa vv. 2 at 3). Ito ay maaaring tulad ng karanasan ni Ezekiel sa Ezekiel 8 o tulad ng karanasan ni Juan sa aklat ng Pahayag (cf. 1:10; 4:2; 17:3; 21:10). Pansinin na ang katawan ay hindi tinanggal mula sa langit sa Kristiyanismo na gaya ng sa Griyegong pilosopiya.

▣ **“inagaw”** Ang katulad na terminong ito ay ginamit kay (1) Felipe sa Mga Gawa 8:30; (2) “ang pagkuha” sa I taga-Thesalonica 4:17; at (3) ang lalaking bata sa Pahayag 12:5. Ang kanyang payak na kahulugan ay sunggaban bilang isang mabangis sa kaniyang dadagitin. Si Pablo ay di inaasahan at mabilis ang pagkilos sa katawan o isipan sa presensiya ng Diyos (cf. v. 4).

▣ **“ang ikatlong langit”** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA LANGIT

Sa OT, ang salitang “langit” ay kadalasang PANGMARAMIHAN (i.e., *shamayim*, BDB 1029). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang “taas.” Ang Diyos ay tumatahan sa kaitaasan. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng kabanalan at pagkamataas ng Diyos.

Sa Genesis 1:1 ang PANGMARAMIHAN “mga kalangitan at lupa” ay pinapakitang ang Diyos ay lumikha (1) ng himpapawid na nasa taas ng mundong ito o (2) isang daan upang ipahayag ang lahat ng katotohanan (i.e., espirituwal at pisikal). Mula panimulang pagkaunawa, ang ibang mga teksto ay nakitang nagbanggit ang mga “antas ng langit” (cf. Awit 68:33) o “langit at ang langit ng mga kalangitan” (cf. Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Nehemiah 9:6; Awit 148:4). Ang mga Rabi ay ipinagpapalagay na mayroong

1. dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b)
2. tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. of Isaias 6-7; Midrash Tehillim sa Awit 114:1)
3. limang langit (III Baruch)
4. pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. of Isaias 9:7)
5. sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1)

Ang lahat ng ito ay naglalayong ipakita ang pagkahiwalay ng Diyos sa pisikal paglilikha at/o ang Kanyang pagkamataas. Ang pinaka-karaniwang bilang ng mga langit sa Rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, *Everyman’s Talmud* (p. 30), ay nagsasabing ito ay kaugnay sa mga panghimpapawid na kabilugan, ngunit sa aking pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig sa pito bilang ganap na bilang (i.e., mga araw ng paglilikha, pang-pito bilang araw ng pamamahinga ng Diyos sa Genesis 1).

Si Pablo, sa II taga-Corinto 12:2, ay binaggit ang “ikatlong” langit (Griyego *ouranos*) bilang daan upang makilala ang personal at dakilang presensiya ng Diyos. Si Pablo ay may personal na pagtatagpo sa Diyos!

**12:3-4** Ang mga talatang ito ay higit pang mailalarawan sa pangyayaring nakasaad sa v. 2.

**12:4 “Paraiso”** Ito ay isang Persyanong salita para sa “isang may pader na hardin ng isang maharlika.” Ang Griyegong

salitang ay ginamit sa Septuagint para sa "Hardin ng Eden" (cf. Genesis 2:8; 3:1; Ezekiel 28:13; 31:18). Ang termino ay ginamit sa Lucas 23:43 para sa matuwid na bahagi ng Hades o Sheol. Sa extra-kanonikong aklat na *The Secrets of Enoch*, o *II Enoch*, kabanata 8, ito ay ginamit para sa ikatlong langit o presensiya ng Diyos. Ang ikatlong langit at Paraiso ay kapwa paraan na tumutukoy sa presensiya ng Diyos.

▣ **"nakarinig ng mga salitang di masayod na hindi nararapat salitain ng tao"** Ang pagkamausisa ng sangkatauhan ay hindi mababawasan ang lahat ng bahagi katotohanan. Gaya ni Lazaro na hindi nagsalita ng kanyang karanasan sa libingan, Si Pablo ay walang kakayahan (i.e., lubhang banal), hindi maaari (i.e., hindi sapat na pantaong talasalitaan), na ibahagi ang ganitong karanasan. Mayroong isang maliwanag na paglalaro sa salita sa "hindi masabi": *arrētos*, "pananalita," at *hrētos* o maaaring ito ay isang teknikal na wikain ng mga mahiwagang panimulang ritwal ng relihiyon. Marahil, wala lang pangtaon talasalitaan ang makakasapat na ihayag ang kanyang nakita (cf. I taga-Corinto 2:9).

**12:5** Si Pablo ay hindi nagmamapuri sa pansariling mga katuparan (tingnan ang buong tala sa 1:12), ngunit sa kapahayagan ng Diyos mismo sa pamamagitan ng kapwa ng mga pansariling karanasan at ang katotohanan ng ebanghelyo. Ang kawalang kakayahang ito ni Pablo ang nagpahintulot sa maluwalhati ang Diyos sa kaniya (ihalintulad ang Juan 15:5 sa taga-Filipos 4:13).

▣ **"kahinaan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa II taga-Corinto 12:9.

**12:6 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugang maaaring pagkilos.

▣ **"mangmang"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 15:36.

▣ **"baka ang sinoman ay magakalang ako'y mataas sa nakikita niya sa akin, o naririnig sa akin"** Ito ay na pupuno ng panunuya. Ang mga bulaang guro ay ipinapasikat ang maraming nakalipas ng mga karanasan at mga katibayan, na tanging narining ng mga taga-Corinto. Sinasabi ni Pablo na, "huwag ibaling sa aking ang hindi ko ipinakita sa inyo, ngunit kung ano ang ginawa ko habang kasama ko kayo. Tingnan ang aking tala!"

**12:7 "dahil sa nakakahigit na kadakilaan ng mga pahayag"** Ang pariralang ito ay maaaring sa gramatika ay nauugnay sa "huwag niyong ipagpalagay sa akin" ng v. 6 o "upang pigilin ako mula sa pagtataas ng aking sarili" ng v. 7. Kung ang *dio* ay nasa orihinal na teksto ng v. 7 (cf. MSS א, A, B, F, G) ngayon, ito maaaring kasama ng v. 6, ngunit ang *dio* ay tinanggal sa maraming sinaunang Griyegong mga manuskrito (cf. MSS $P^{46}$, D, at ang Vulgate, Armenian, at Peshitta na mga sali). Ang UBS[4] ay nagbibigay sa pagsasama nito ng isang "C" na antas (may kahirapan sa pagpapasiya).

Para sa "nakakahigit na kadakilaan" (*huperbolē*) tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Huper na mga Tambalan sa I taga-Corinto 2:1.

▣ **"At nang ako'y huwag magpalalo ng labis"** Ang katulad na salitang ito ay ginamit sa II taga-Thesalonica 2:4 upang ilarawan ang mapagmataas ng pagmamalabi ng "Tao ng Kasalanan" o Anti-Kristo. Muli, pinag-iiba ni Pablo ang kanyang sarili sa mga bulaang guro. Kanilang pinapasikat ang kanilang mga sarili sa pamamagitn ng kanilang Sophistikong retorikong pamamaraan (na ginagaya ni Pablo sa mga kabanata 10-13).

Si Pablo ay naniniwala na ang Diyos (i.e., BALINTIYAK NA TINIG ng "pinagkalooban") ang nagkaloob ng ganitong "tinik sa laman" para sa isang layunin (i.e., *hina* na sugnay). Ito ay maaaring ang kaunawaan ng taga-Roma 8:28 (i.e., ilang Griyegong mga manuskrito ay binabasa na ang "Diyos ang nagdudulot ng lahat mga bagay"), ngunit ang mabuti ay pagiging katulad ni Krisot na lubhang maliwanag na naihayag sa taga-Roma 8:29 (i.e., tumalima sa larawan ng Kanyang Anak). Si Satanas ay isang alipin!

▣ **"tinik sa laman"** Ang terminong "tinik" ay maaaring mangahulugang "tulos" (i.e., sa literal "maging matulis"). Sa klasikong Griyego, ito ay ginamit sa kaunawaan ng isang matalas na tulog habang sa Septuagint ito ay ginamit para sa isang halamang tinik (cf. Bilang 33:55; Ezekiel 28:24; Osea 2:6). Ang ilang mga teoriya patungkol sa tinik sa lamang ni Pablo ay:

1. sinaunang mga Ama ng iglesiya, Luther at Calvin, ay sinasabing ito ay espirituwal na mga suliranin ng kanyang napahamak na kalikasan (i.e., "sa laman")
2. sinabi ni Chrysostomo na ito ay isang suliranin sa mga tao (cf. Bilang 33:55; Hukom 2:3)
3. ang ilan ay nagsasabing ito ay epilepsiya
4. si Sir William Ramsay ay nagsasabing ito ay malaria
5. Sa ganang akin, ito ay ophthalmia, isang karaniwan suliranin sa mata (ihambing ang taga-Galacia 4:13-15 at 6:11) pinalala o nagdulot ng pagkabulag sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9, maaaring isang OT na pagkagkabanggit sa Josue 23:13)

Para sa "laman" tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:26.

▣ **"isang sugo ni Satanas"** Ang Diyos ay nagpapahintulot at gumagamit ng masama (cf. Job 2:6; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20). Ang terminong "sugo" ay tila tumutukoy sa isang kinatawang demonyo. Ang terminong "sugo" sa kapwa Hebreo at Griyego ay maaaring isalin na "anghel." Kung gayon, makikita natin ang mga mananampalataya ay maaaring masaktang ng demonyo, ngunit pansining ito ay para sa mga layunin ng Diyos. Ang Diyos ay gumagamit ng masama sa Kanyang matuwid na layunin.

## NATATANGING PAKSA: SATANAS

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga literatira sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya. Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismo ng Persia at Greko-Romanong Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Cronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang serpyente ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanas (cf. *Book of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikal na katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I taga-Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

Ang pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Ecclessiastes 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babylonia at Tyre) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tyre bilang Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv. 12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. Si Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang

pagbagsak ng Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang pansariling pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap!

▣ **"upang ako'y pahirapan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PASAKALI. Ang salita sa literal ay nangangahulugang "suntukin ng mga kamao." Ang suliraning ito ay napakasalit at paulit-ulit.

▣ **"nang ako'y huwag magpalalo ng labis"** Ito ay isang layuning (i.e., *hina*) sugnay. Ang espirituwal na mga pag-aangkin ng mga bulaang guro ay nagpapataas ng kanilang pagkamakasarili. Ang kay Pablo ay pinababa siya.

**12:8 "ako'y nanalangin sa Panginoon"** Sa konteksto, ito ay maaaring tumutukoy kay (1) YHWH o (2) kay Hesus (cf. Juan 14:13-14). Si Pablo ay karaniwang nananalangin sa Ama. Ang mga Kristiyano maaaring manalangin sa alinman sa mga Persona ng Trinidad na Diyos, bagaman karaniwan tayong nananalangin sa Ama, sa pangalan ng Anak, sa pamamagitan ng Espiritu.

▣ **"dito"** Ito ay maaaring ang "dito" ay tumutukoy sa (1) ganitong kalagayan; (2) ganitong pag-uusig; (3) ganitong sugo ni Satanas; o (4) ganitong pisikal na karamdaman.

▣ **"tatlong beses"** Ang panalangin ni Hesus sa Gethsemane ay inulit nang tatlong beses (cf. Mateo 26:42; Marcos 14:39,41). Ang tatlong beses ay nangangahulugan ng pagbibigay-diin. Hindi ito kakulangan sa pagtitiwala, ngunit ay ipinapakita na tayo ay maaaring manalangin patungkol sa kung ano ang ating nararanasan na pangangailangang madalas nating maramdaman. Ito paulit-ulit, masakit na suliranin na nagturo kay Pablo ng isang dakilang espirituwal na aral (cf. v. 9). Kailangan kong sabihin na dito sa talang ito ay nagbibigay liwanag sa labis na pagbibigay-diin sa ating panahon na pagpapagaling sa pananampalataya ay nakabatay sa tindi ng pananampalataya ng tao na nangangailangan ng kagalingan. Maliwanag na si Pablo ay may napakalaking pananampalataya. Gayundin, ang di nararapat na pagtuturo na ang Diyos ay nagnanais na ang bawat mananampalataya mapagaling at mapalaya mula sa bawat suliranin ay tinatalakay sa talatang ito. Ang mga kahilingan nina Hesus at Pablo ay hindi sinagot sa paraan na kanilang naisin. Ginagamit ng Diyos ang mga suliranin at karamdaman sa ating mga buahy para sa Kanyang mga layunin (cf. taga-Roma 8:17; II taga-Corinto 1:5,7; taga-Filipos 3:10; I Pedro 4:12-17). Ang ating mga pangangailangan ay ang pagkakataon ng Diyos na maihayag ang Kanyang sarili at Kanyang layunin sa atin!

**12:9 "siya'y nagsabi sa akin"** Ito ay GANAP NA PANAHUNAN, pangwikain para "Kaniyang sinabi sa wakas."

▣ **"aking biyaya ay sapat na sa iyo"** Ang katangian at presensiya ng Diyos ay ang lahat na pangangailangan ni Pablo. Sa ganang aking, si Pablo ay maaaring iniisip ang I Hari 8:27. Ito ay isa sa mga lugar sa OT kung saan ang pariralang "langit at ang langit ng mga langit" ay ginamit, na maaaring ang pinagmulan "ikatlong langit" ni Pablo sa v. 2. Ang panalangin ni Solomon ay nagsasabi ng kapwa ang kahigitan ng "pinakamataas na langit" ng Diyos at Kanyang pamamalagi sa Templo. Si Pablo ay hindi nanananahan sa pagkamaharlika ng ikatlong langit, ngunit sa mapagbiyayang likas ng Diyos at pansariling presensiya sa kaniya araw-araw.

▣ **"kapangyarihan ay nagiging sakdal"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK. Ang kapangyarihan ng Diyos ay umiiral sa iba't-ibang kaligan kaysa sa sangkatauhan. Tinatanggap ng Diyos ang kaluwalhatian kapag ang pantaong sisidlan ay mahina at walang kakayahang tugunan ang kanyang mga pangangailangan. Ang kapangyarihan ng Diyos ay Kanyang di-nagbabagong katangian!

Ang pariralang ito maaaring magpaalala kay Pablo ng I taga-Corinto 2:5 o II taga-Corinto 4:7 at karaniwang nauugnay sa pagbibigay-diin sa pantaong pagsasakatuparan o kagalingan ng mga bulaang guro.

▣ **"magmamapuri sa aking kahinaan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KAHINAAN

Nandito ang pagkakaiba. Ipinagmamayabang ng mga bulaang mangangaral ang kanilang mga natamo at patalumpating

paraan, ngunit nalalaman ni Pablo ang halaga ng "kahinaan" (*astheneō*). Pansinin kung paanong ginamit ang mga salitang ito (o kanilang iba-t-ibang nayon) nang madalas sa I at II Corinto.

| **Mayabang** | **Mahina** |
|---|---|
| I taga-Corinto 1:29,31 | I taga-Corinto 1:25,27 |
| 3:21 | 2:3 |
| 4:7 | 4:10 |
| 5:6 | 8:7,9,10,11,12 |
| 9:15,16 | 9:22 |
| II taga-Corinto 1:12,14 | 11:30 |
| 5:12 (dalawang beses) | 12:22 |
| 7:4,14 (dalawang beses) | 15:43 |
| 8:24 | II taga-Corinto 10:10 |
| 9:2,3 | 11:21,29,30 |
| 10:8,13,15,16,17 | 12:5,9,10 (dalawang beses) |
| 11:12,16,17,18,30 | 13:3,4 (dalawang beses), 9 |
| 12:1,5,6,9 | |

Ginagamit ni Pablo ang konsepto ng kahinaan sa maraming magkakaibang paraan.

1. kahinaan ng Diyos, I taga-Corinto 1:25
2. mahina sa mundo, I taga-Corinto 1:27
3. Kahinaan at takot ni Pablo, I taga-Corinto 2:3; 9:22; II taga-Corinto 11:29,30; 12:5
4. Si Pablo at kanyang pangkat pang-misyon, I taga-Corinto 4:10; II taga-Corinto 11:21
5. mahinang mananampalataya (cf. taga-Roma 14:1-15:13), I taga-Corinto 8:7,9,10,11,12; 9:22
6. pisikal na sakit, I taga-Corinto 11:30
7. bahagi ng katawan ng tao, I taga-Corinto 12:22
8. pisikal na katawan, I taga-Corinto 15:43
9. pisikal na presensya ni Pablo o kanyang mga patalumpating kasanayan, II taga-Corinto 10:10
10. Ang kahinaan ni Pablo pinapalaki ng lakas ng Diyos, II taga-Corinto 12:9,10; 13:4,9
11. Ang mensahe ni Kristo sa pamamagitan ng Pablo, II taga-Corinto13:3
12. Pisikal na katawan ni Kristo, II taga-Corinto 13:4

▣ **"ang kapangyarihan ni Kristo"** Pansinin na ang kapangyarihan ng Diyos! Ito ay kapangyarihan ni Kristo! Si Kristo ay Diyos!

▣

**NASB, NRSV "manahan nawa sa akin"**
**NKJV, NJB "sumandig nawa sa akin"**
**TEV "maramdaman ang proteksyon. . .sa akin"**

Ito ay ang Griyegong terminong *episkēnoō*, na may *epi* at *skēnē* (tolda, cf. 5:1), samakatuwid, talinghaga para sa paglilim o panananahan. Ang salitang ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang katulad na salitang ugatay ginamit ng kapanganakan sa birhen ni Hesus (cf. Lucas 1:35) ang pagbabagong-anyo ni Hesus (cf. Mateo 17:5), at ng mga anino ng mga Apostol na dumadako sa mga tao at silang napapagaling (cf. Mga Gawa 5:15).

Nalalaman ni Pablo na ang ulap sa panahon ng paglalagalag sa ilang (cf. Exodo 40:35) ay tinawag ng mga rabbi na "ang *shekinah* na ulap ng kaluwalhatian." *Shekinah* ay nangangahulugang "mananahan nang palagian." Ninanais ni Pablo ang personal na presensiya ng Diyos, lubusan at ganap na naihahayag at kinakatawan kay Kristo, sa kaniya. Ito ay ang layunin ng Kristiyanismo, hindi pansariling kapangyarihan, pansariling katanyagan, isang natatangingkaalaman o karanasan (i.e., "makilala Siyoa sa pamamagitan ng kahinaan at pagdurusang darating," cf. taga-Filipos 3:10).

**12:10 "Kaya nga ako'y nagagalak sa mga kahinaan"** Nalalaman ni Pablo mula sa pansariling karanasan (i.e., daan ng Damasco) na may mabuting layunin at pansariling pagpapagal ay hindi sapat. Tayo ay nangangailangan ng biyaya (cf. v. 9), hindi kapangyarihan. Walang pantaong nilalang ang makaaagaw ng kaluwalhatian ng Diyos (cf. I taga-Corinto 1:29; taga-Efeso 2:9). Ang biyaya ng Diyos, kapangyarihan, at kaluwalhatian ay naitataas sa tumatalima, walang kasapatan, pantaong mga sisidlan.

▣ **"ako'y nagagalak sa mga kahinaan"** Sa nalalabing bahagi ng talata, si Pablo ay nagbibigay ng isang maikling buod ng kanyang mga pagsubok sa ministeryo, na kanyang binanggit bago ang 4:7-11; 6:3-10; 11:24-28. Lubusang nalalaman ni Pablo ang kahulugan ng mga salita ni Hesus sa Mateo 5:10-12!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:11-13

**11 Ako'y naging mangmang: pinilit ninyo ako; ako sana'y dapat ninyong purihin: sapagkat sa anoman ay hindi ako**

**naging huli sa lubhang mga dakilang apostol, bagaman ako'y walang kabuluhan. 12Tunay na ang mga tanda ng apostol ay pawang nangyari sa inyo sa buong pagtitiis, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan at ng mga gawang makapangyarihan. 13Sapagkat ano nga ang inyong ikinahuli sa ibang mga iglesiya, kundi ang ako'y hindi naging pasanin ninyo? ipatawad ninyo sa akin ang kamaliang ito.**

**12:11 "Ako'y naging mangmang"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang ilang paksyon (i.e., I taga-Corinto 1-4) o ilang pangkat ng naglalakbay na mga bulaang guro (i.e., 10-13) ang umatake kay Pablo, sa kanyang pamumuno, sa kanyang awtoridad, kanyang paraan ng pagsasalita, at ang ebanghelyo. Kaya si Pablo ay kailangang ipagtanggol ang kanyang sarili. Ginawa niya ito sa maraming paraan.

1. paghahambing sa kanyang buhay sa kanila
2. ginamit ang kanilang paraan ng retorika, ngunit may pakumbabaan
3. gumamit ng panunuya upang gumawa ng kanyang mga punto

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Mangmang na Tao sa I taga-Corinto 15:36.

▣ **"Ako"** Ang nagbibigay-diin na "Ako" (i.e., *egō*) ay ginamit sa vv. 11,13,15, at 16.

▣ **"purihin"** Tingnan ang buong tala sa 3:1.

▣ **"sapagka't sa anoman ay hindi ako naging huli sa lubhang mga dakilang apostol"** Tingnan ang buong tala sa 11:5.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ginamit sa pampanitikang mga layunin upang gumawa ng kanyang punto, hindi katotohanan. Si Pablo ay hindi mas mababa sa kanila sa anumang kaunawaan.

▣ **"ako'y walang kabuluhan"** Nalalaman at nauunawaan ni Pablo ang kanyang kalalagayan sa biyaya lamang (cf. I taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; I Timoteo 1:15). Nalalaman niya rin ang kanyang kalalagayan bilang isang tinawag, pinagkaloobang Apostol (cf. Mga Gawa 8,22,26)!

**12:12 "sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan at ng mga gawang makapangyarihan"** Ang ministeryo ni Pablo ay kakakitaan ng kapangyarihan ng Diyos (cf. I taga-Corinto 2:4; 4:20; taga-Roma 15:19). Gayunman, ito ay hindi lamang mga himala, ngunit sa kanyang pag-uugali at mga pagkilos sa iglesiyang ito na nagpapatunay na siya ay mula sa Diyos.

**12:13 "kundi ang ako'y hindi naging pasanin ninyo"** Hindi pahihintulutan ni Pablo ang mga naghihiwa-hiwalay na pangkat sa iglesiya na tulungan siya. Hinayaan niya ang mga iglesiya sa Filipos (taga-Filipos 4:15) at Thesalonica (I taga-Thesalonica 3:6), ngunit pagkatapos lamang na iniwan niya ang mga lungsod na ito. Nasaktan nito ang damdamin ng iglesiya Corinto (cf. v. 13a), ngunit si Pablo ay hindi matitinag kahit na sa mga paratang ng mga bulaang guro (cf. 11:8-20). Gayunman, itinaguyod ni Pablo (bilang isang prinsipyo) ang pagtulong sa pananalapi ng iglesiya para sa mga ministro (cf. I taga-Corinto 9:3-18).

▣ **"mga iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 1:2.

▣ **"ipatawad ninyo sa akin ang kamaliang ito"** Ito ay masakit na panunuya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:14-18

**14Narito, ito ang ikatlo na ako'y handang pumariyan sa inyo; at ako'y hindi magiging pasanin ninyo: sapagkat hindi ko hinahanap ang inyo, kundi kayo: sapagkat hindi nararapat ipagtipon ng mga anak ang *kanilang* mga magulang, kundi ng mga magulang ang *kanilang* mga anak. 15At ako'y gugugol ng may malaking kagalakan at pagugugol dahil sa inyong mga kaluluwa. Kung kayo'y iniibig ko ng lalong higit, ako baga'y iniibig ng kaunti? 16Datapuwat magkagayon man, ako'y hindi naging pasan sa inyo; kundi dahil sa pagkatuso ko, kayo'y hinuli ko sa daya. 17*Tiyak na* kayo baga'y aking dinaya sa pamamagitan ng sinoman sa mga sinugo sa inyo? 18Pinamanhikan ko si Tito, at sinugo kong kasama niya ang kapatid. Kayo baga'y dinaya ni Tito? hindi baga kami ay nagsilakad sa isang Espiritu? hindi baga kami ay *nagsisunod* sa gayon ding mga hakbang?**

**12:14**
**NASB, NRSV,**
**NJB "narito"**
**NKJV "ngayon para sa "**
**TEV –tinanggal–**

Ang ganitong Griyegong KATAGA *idou*, nagbibigay-diing, na lubhang madalas gamitin sa mga Ebanghelyo, ay kadalasang isinasalin na "narito." Nagsisilbi iton sa pagtawag ng pansin sa sumusunod na pahayag. Si Pablo ay madalang gumagamit nito

(cf. taga-Roma 9:23 [sipi sa OT]; I taga-Corinto 15:51; II taga-Corinto 5:17; 6:2 [sipi sa OT],9; 7:11; 12:14; taga-Galacia 1:20).

▣ **"ito ang ikatlo"** Ang aklat ng Mga Gawa ay nag-uulat lamang dalawang pagdalaw sa Corinto (cf. Mga Gawa 18:1; 20:2-3; II taga-Corinto 1:15; 13:1,2). Gayunman, Mga Gawa ay hindi isang buo o detalyadong kasaysayan, ngunit isang teolohikong kasulatan na nagpapakita ng paglaganap ng Kristiyanismo mula sa pangkat ng tao patungo sa pangkat ng tao, mula sa Palestina patungong Roma.

▣ **"ako'y hindi magiging pasanin ninyo"** Ito ay tumutukoy sa kabayarang salapi (cf. 11:9; 12:13; I taga-Corinto 9:12,18). Ipinahayag ni Pablo ang karapatan ng mga ministro na tumanggap ng kabayaran, ngunit personal na tinanggihan ito dahila sa (1) siya ay inaatake sa isyung ito ng mga bulaang guro (cf. 14b) o (2) kanyang sariling kaligiran bilang isang rabbi ay hindi ito isinasali .

▣ **"kundi kayo"** Hindi ninanais ni Pablo ang kanilang salapi, ngunit ang kanilang katapatan at kabutihang loob.

▣ **"mga anak…mga magulang"** Si Pablo ay gumagamit ng isang pamilyang pagkakatulad. Itinuturing niya ang kanyang sarili bilang kanilang espirituwal na ama (cf. I taga-Corinto 4:14-15; taga-Galacia 4:19).

**12:15 "gugugol"** Ito ay Griyegong salita na maaaring maunawaan sa dalawang paraan: (1) sa literal "bayaran ng salapi" (cf. Mga Gawa 21:24) o (2) sa paglalarawan "gugulin nang lubusan" o "bayaran ang bawat bagay o anumang bagay" (cf. Marcos 5:26). Si Pablo ay handa na ipagkaloob ang lahat ng kanyang mga ari-arian at/o ang kanyang sarili para sa kapakanan ni Kristo sa gitna ng mga mananampalataya sa Corinto.

Maliwanag na si Pablo ay gumagamit ng paglalaro sa sa mga salita sa salapi. Hindi niya nais na kanilang gugugulin ang salapi sa kaniya, ngunit kanyang igugugol ang kanyang sarili para sa kanila.

▣ **"sa inyong mga kaluluwa"** "Mga kaluluaw" (i.e., *psychē*) ay ginamit sa kaunawaan ng mga tao sa mga sulat ni Pablo bilang "espiritu" (cf. *pneuma*, cf. taga-Filipos 1:27).

Ito ay hindi isang ontolohikong dalawang bahagi sa sangkatauhan, ngunit isang dalawahang pakikipag-ugnayan sa kapwa ng mundong ito at sa Diyos. Ang Hebreong salitang *nephesh* (BDB 659) ay ginamit sa kapwa sangkatauhan at mga hayop sa Genesis, habang ang "espiritu" (*ruah*, BDB 924) ay ginamit ng natatangi sa sangkatauhan. Ito ay <u>hindi</u> isang patunay-na-teksto sa kalikasan ng sangkatauhan bilang isang tatlong-bahaging (trichotomo) nilalang. Ang sangkatauhan ay pangunahing ipinapakilala sa Bibliya bilang isang kaisahan (cf. Genesis 2:7). Para sa isang mabuting buod ng mga teoriya ng sangkatauhan bilang trichotomo, dichotomo, o isang kaisahan, tingnan sina Millard J. Erickson, *Christian Theology* (ikalawang edisyon) pp. 538-557 at Frank Stagg, *Polarities of Man's Existence in Biblical Perspective*.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin.

▣ **"lalong higit"** Ito ay kaugnay sa pangkat ng mga termino na naglalarawan sa madamdamin at malabis na pampanitikang pamamaraan ni Pablo sa II taga-Corinto. Tingnan ang buong tala sa 2:7.

▣ **"ako baga'y iniibig ng kaunti"** Mas maraming pinagkakaloob ni Pablo sa kanila, mas pinakitutungan nila siya ng mas kakaunting paggalang at pag-ibig. Ito ay isang di-matatagalang kalagayan.

**12:16 "kundi dahil sa pagkatuso ko, kayo'y hinuli ko sa daya"** Ito maaaring maiugnay sa pagkakaloob para sa Herusalem na iglesiya sa mga kabanata 8-9. Ang mga bulaang guro maaaring pinaparatangan siya na nagpapadala ng iba upang maglikom ng salapi para sa kanyang sarili (cf. vv. 17-18). Ang puna dito ni Pablo ay masakit na panunuya!

**12:18 "Tito"** Ito ay nakakagulat na si Tito ay hindi binanggit sa aklat ng Mga Gawa (maaaring siya kapatid ni Lucas). Siya ay isa sa pinakamapagkakatiwalaan at matapat na kamanggagawa ni Pablo. (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:13). Tila si Tito rin ay hindi tumanggap ng anumang salapi mula sa iglesiyang ito, na sumusunod sa halimbawa ni Pablo.

▣ **"sinugo kong kasama niya ang kapatid"** Ito ay maaaring katulad sa 8:18. Ang ilan ay nag-iisip na ito si Lucas (i.e., Origen). Ang pagsasama ng mga kinatawan mula sa mga iglesiya ay paraan ni Pablo upang tanggalin ang mga pagpaparatang na nauugnay sa pagkakaloob na ito sa Iglesiya sa Herusalem.

▣ Ang mga talatang 17 at 18 ay may isang kalipunan ng apat na mga tanong. Ang pang-gramatikang anyo ng unang dalawa ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot, habang ang huling dalawa ay inaasahan ang isang "oo" na sagot. Ang layunin ng mga tanong ay upang ipakita na wala kina Pablo o Tito ang nagsasamantala sa kanila sa anumang paraan, na ang ilan ay

ipinaparatang.

▣ **"sa isang Espiritu"** Ito ay tumutukoy sa tinubos na pantaong espiritu ni Tito (i.e., PANGTUNTONG KALAGAYAN), hindi ang Banal na Espiritu (INSTRUMENTAL NA KALAGAYAN). Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng "espiritu" na tumutukoy sa kanyang sarili (cf. 2:13; 7:13; I taga-Corinto 2:11; 5:4; 16:18; taga-Roma 1:9; 8:16; taga-Filipos 4:23). Tingnan ang tala sa 7:13b.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:19-21

**19 Iniisip ninyo na sa buong panahong ito'y kami ay nangagdadahilan sa inyo. *Sa katotohanan,* sa paningin ng Diyos ay nangagsasalita kami sa pangalan ni Kristo. Datapuwat ang lahat ng mga bagay, mga minamahal, ay sa inyong mga ikatitibay. 20 Natatakot nga ako na baka sa anomang paraan, kung ako'y dumating ay kayo'y masumpungan kong hindi gaya ng ibig ko, at ako ay inyong masumpungang hindi gaya ng ibig ninyo; baka sa anomang paraan *ay magkaroon* ng pagtatalo, mga paninibugho, mga kagalitan, mga pagkakampikampi, mga pagsirang-puri, mga satsat, mga kapalaluan, mga pagkakagulo; 21 Baka pagka ako'y dumating na muli ay ako'y hihiyain ng Diyos ko sa harapan ninyo, at ako'y malumbay dahil sa marami sa nangagkasalang una, at hindi nangagsisi sa karumihan at sa pakikiapid at sa kalibugan na ginawa nila.**

**12:19 "sa buong panahong ito"** Tinutukoy ni Pablo ang kanyang kasalukuyang sulat (i.e., II taga-Corinto).

▣ **"Iniisip ninyo na kami ay nangagdadahilan sa inyo"** Ito ay isang nanunuyang pagpuna. Lubusang nalalaman ni Pablo ang iglesiyang ito. Sila ay may mataas pagtaya sa kanilang sariling kahalagahan at kalayaan.

▣ **"Sa paningin ng Diyos"** Ginamit ni Pablo ang pariralang ito sa 2:17, kung saan siya ay nagsagawa ng panunumpa ng katapatan sa harapan ng Diyos.

▣ **"ang lahat ng mga bagay ay sa inyong mga ikatitibay"** Binanggit ni Pablo ang kanyang awtoridad sa paggamit nitong mismong termino sa 10:8. Kanyang ipinagtanggol ang kanyang sarili upang ipagtanggol at itaguyod ang naligaw na iglesiya. Ang kanyang mga pagkilos ay para sa kanila, hindi para sa kanyang sarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatibay sa I taga-Corinto 8:1.

▣ **"mga minamahal"** Nagpapahayag is Pablo sa iglesiyang ito na tuwiran, gayunman, ay dakilang pag-ibig. Ito ay isang termino ng pag-ibig (cf. I taga-Corinto 10:14; 15:58; II taga-Corinto 7:1; 12:19).

**12:20** Ito ay nagpapakilala sa I taga-Corinto na paglalarawan sa iglesiyang ito tungo sa bawat-isa at kay Pablo.

▣ **"pagtatalo"** Tingnan ang buong tala sa I taga-Corinto 2:11.

Ang terminong ito at ang kasunod ay PANG-ISAHAN (cf. MSS $P^{46}$, א, A), ngunit ang ibang mga termino sa tala ay PANGMARAMIHAN.

▣ **"panibugho"** Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa isang pangkat o naghihiwa-hiwalay na espiritu (cf. I taga-Corinto 3:3). Tingnan ang tala sa 9:2.

▣ **"mga kagalitan"** Ito ay tumutukoy sa isang simbuyo ng galit (cf. taga-Galacia 5:20; taga-Efeso 4:31; taga-Colosas 3:8).

▣ **"mga pagkakampikampi"** Ang terminong ito (i.e., *eritheia*) sa orihinal ay nangangahulugang "paikutin na may bayad." Ito ay dumating upang gamitin para sa isang aristokratikong pagpapalalo laban sa kanilang naghahanap-buhay para mabuhay. Ang pag-uugaling ito ay umaakma sa nagkakapangkat-pangkat na paglalaban ng I taga-Corinto, lalo na sa kabanata 11. Ang terminong ito ay madalas gamitin ni Pablo (cf. taga-Roma 2:8; taga-Galacia 5:20; taga-Filipos 1:17; 2:3; at gayundin, tingnan ang paggamit ni Santiago sa Santiago 3:14,16).

▣ **"mga pagkakampikampi"** Ito ay tumutukoy sa pagsasalita nang masama sa isa pang tao, upang siraan sila (cf. taga-Roma 1:30; II taga-Corinto 12:20; Santiago 4:11; I Pedro 2:1,12; 3:16). Ang gawaing ito ay ginamit upang ilarawan ang gawain ni Satanas.

▣ **"mga satsat"** Ito ay ang terminong "satsat," na tumutukoy sa mga sumsatsat sa likod ng sinuman nang pribado.

▣ **"mga kapalaluan"** Ang Griyegong terminong *phusioō* na sa orihinal ay nangangahulugang itaas o pamagain ang isang

bagay (i.e., Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, p. 105 at Vincent, *Word Studies*, p. 766, mula sa *phusa* – bubulusan). Ito ay dumating na ginamit sa Kristiyanong panitikag (maaaring binanggit ni Pablo) patalinghaga para sa pagmamataas o pagiging palalo. Ito ay isang pangunahing espirituwal na suliranin para sa iglesiya sa Corinto. Si Pablo ay gumagamit ng salitang ito sa I taga-Corinto 4:6,18,19; 5:2;; 8:1; 13:4; at sa isang tala ng mga kasalanan sa II taga-Corinto 12:20. Ito ay ginamit lamang sa labas ng mga sulat sa Corinto sa sulat sa NT sa taga-Colosas 2:18, kung saan ito ay tumutukoy sa gnostikong pangitain ng natatanging kaalaman.

▣
**NASB** **"mga pagkakagulo"**
**NKJV** **"mga kaguluhan"**
**NRSV, TEV** **"kawalang-ayos"**
**NJB** **"mga gusot"**

Tingnan ang tala sa I taga-Corinto 14:33. Ito ay isang nagpapangkat-pangkat na iglesiya. Ang terminong ito rin ay ginamit sa Santiago 3:16.

Mayroong maraming mga tala ng mga masamang hilig sa mga sulat ni Pablo (cf. taga-Roma 1:29-31; I taga-Corinto 5:11; 6:9; taga-Galacia 5:19-21; taga-Efeso 4:31; 5:34; taga-Colosas 3:5- 9). Sa maraming paraan sila kaagapay sa mga tala ng masamang hilig (bisyo) ng mga Stoic. Kristiyanismo ay nangangailangan ng isang etikal na pagtugod. Ang walang-hangang buhay ay may nakikita, moral na mga katangian.

**12:21** Si Pablo ay nag-aalala na kung ang iglesiyang ito ay hindi magsisisi, siya ay mapipilitang igiit ang pagsasagawa ng kanyang Apostolikong awtoridad kapag siya ay bumalik (cf. 13:2). Ang ilang mga pangkat (i.e., I taga-Corinto) at mga bulaang guro (i.e., II taga-Corinto) ay tila nagpapasimuno ng mga buhay na walang Diyos, buhay ng sariling pagkamalabis.

▣
**NASB, TEV,**
**NJB** **"hihiyain"**
**NKJV, NRSV**
**NIV** **"papababain"**

Si Pablo ay gumagamit ng ganitong salitang ugat na termino sa maraming mga kaunawaan sa kanyang mga sula sa taga-Corinto (kinuha mula kay Harold K Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 397.

1. *tapeinos*
    a. mababa sa kalagayan, malumbay (II taga-Corinto 7:6)
    b. umibig na may kaamuhan o walang sobra (II taga-Corinto 10:1)
2. *tapeinoō*
    a. (PANGGITNANG TINIG) mabuhay sa mapagkumbabang kalagayan (II taga-Corinto 11:7)
    b. maging mapagkumbaba batay sa mga pag-asa at mga inaasahan; maging mababa na may pagkabigo (II taga-Corinto 12:21)

▣ **"malumbay"** Tingnan ang tala sa I taga-Corinto 5:2.

▣ **"marami sa nangagkasalang una"** Ang buong pariralang ito ay isinasalin na isang PANTUKOY at PANDIWARI na ginamit lamang dito at sa 13:2. Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI ng Griyegong PANG-UKOL *pro* (i.e., bago) at *hamartanō* (i.e., magkasala). Ang pinagsamang kaunawaan ay silang nagkasala at nagpapatuloy sa kasalanan. Ang konsepto ng "nakalipas" ay hindi kasama, ngunit isang pagdaragdag ng mga tagapagsalin. Ang panahon ay kasama lamang sa MAY PAHIWATIG PANAGANO.

▣ **"nangagsisi"** Ang talatang ito ay maliwanag na tumutukoy sa mga Kristiyano na nagpapatuloy sa kasalanan. Ang pagsisisi ay napakahalaga, hindi lamang panimula (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21), ngunit nagpapatuloy (cf. I Juan 1:9). Ang pagsisisi para sa isang mananampalataya ay nagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan, hindi kaligtasan! Ang pagsisisi ay isang pag-uugali sa Diyos at sarili na mas higit sa tiyak na kalipunan ng mga espirituwal na mga pagkilos at mga hakbang. Tingnan ang buong tala sa 7:8-11

▣ **"sa karumihan at sa pakikiapid at sa kalibugan"** Dapat nating tandaan na ang walang Diyos, makalamang kultura kung saan ang bagong mga mananampalataya ay nanggaling mula sa Corinto. Sila ay lumago na may kahigitang sekswal at kahalayan sa pangalan ng mga diyos. Gayunman, pansinin na ang talatang ito ay binabanggit din ang paraan sa ang mga Kristiyano ay makikitungo sa kasalanan sa kanilang mga buhay—pagsisisi (cf. I Juan 1:9; Mga Awit 19:12-14). Ang pananampalataya at pagsisisi ay kapwa panimula at nagpapatuloy na espirituwal na mga karanasan sa buhay ng Kristiyanong.

Ang talang ito ay nagpapakilala ng mga pagkilos ng mga bulaang guro na nagbibigay-diin ng Griyegong retorikong pamamaraan, na maaaring nagpapahiwatig na sila din ay nalantad sa Gnosticismo, na nagbibigay-diin sa kaalaman, ngunit

pinababang pamantayan sa etika. Ang lahat ng mga termino ay nakatala sa mga kasalanan ng lamani ni Pablo sa taga-Galacia 5:19. Ang pagpapawalang-sala ay dapat hindi/hindi maaaring maihiwalay sa pagpapaging-banal!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit binanggit ni Pablo ang kanyang natatanging kapahayagan at hindi niya sinabi sa atin ang mga ito?
2. Bakit ay kahinaan isang susi sa pagiging kagamit-gamit?
3. Gumamit ba ang Diyos nang kasamaan upang maisakatuparan ang Kanyang layunin?
4. Bakit lubhang madamdamin si Pablo patungkol sa pagtanggap ng salapi mula sa iglesiyang ito? (cf. vv. 20-21).

# II MGA TAGA-CORINTO 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Pangwakas na Babala at mga Pagbati | Dumating na may awtoridad | Isang Panawagan sa Pagsu-suri ng Sarili at Pagbabago<br>(12:19-13:10) | Huling mga Babala at mga Pagbati | Ang mga Takot at Agam-agam ni Pablo<br>(12:19-13:10) |
| 13:1-4 | 13:1-6 | 13:1-4 | 13:1-4 | 13:1-4 |
| 13:5-10 | Ninanais ni Pablo ang mga Hentil<br>13:7-10 | 13:5-10 | 13:5-10 | 13:5-10 |
| | Pagbati at Pagbabasbas | Pagwawakas | | Pagwawakas |
| 13:11-12 | 13:11-14 | 13:11-12 | 13:11 | 13:11 |
| | | | 13:12a | 13:12 |
| | | | 13:12b | |
| 13:13 | | 13:13 | 13:13 | 13:13 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:1-4**

**1 Ito ang ikatlong beses na ako'y paririyan sa inyo. SA BIBIG NG DALAWANG SAKSI O NG TATLO AY PAPAGTIBAYIN ANG BAWAT SALITA. 2 Sinabi ko na nang una, at muling aking ipinagpapauna, gaya nang ako'y nahaharap ng ikalawa, gayon din ngayon, na ako'y wala sa harapan, sa mga nagkasala nang una, at *gayundin naman* sa mga iba pa, na kung ako'y pumariyang muli ay hindi ko na patatawarin *ang sinuman*; 3 Yamang nagsisihanap kayo ng isang katunayan na si Kristo ay nagsasalita sa akin; na Siya sa inyo'y hindi mahina, kundi sa inyo'y makapangyarihan: 4 Sapagkat Siya'y ipinako sa krus dahil sa kahinaan, gayon ma'y nabubuhay siya dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Sapagkat kami naman ay sa kaniya'y mahihina, ngunit kami ay mabubuhay na kasama Niya sa kapangyarihan ng Diyos *na inatas* sa inyo.**

**13:1 "Ito ang ikatlong beses na ako'y paririyan sa inyo"** Ito ay nagbibigay ng tekstuwal na paniniwala sa teoriya ng napakasakit na pagdalaw ni Pablo sa Corinto sa pagitan ng pagsusulat ng I at II taga-Corinto (cf. 12:14). Ang pagdalaw na ito hindi natalakay sa aklat ng Mga Gawa.

▣ **"ANG BAWAT SALITA"** Ito ay nagsimula sa isang sipi mula sa Deuteronomio 19:15 (cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6; Mateo 18:16; I Timoteo 5:19), na tumatalakay sa mga kaganapan sa hukuman Ano ang tinutukoy sa kabanatang ito? Mayroong dalawang posibilidad.

1. Ito ay tumutukoy sa pagsusuri ng iglesiya kay Pablo. Siya ay nanggaling na doon ng dalawang beses at nagbahagi sa kanila. Sila ay may pananagutan at aariing may pagsusulit bilang mga tagapakinig ng katotohanan.
2. Ito ay tumutukoy sa disiplinang pang-iglesiya na nauugnay sa isang pangkat sa loob ng iglesiya.
   a. ang mga naghihiwa-hiwalay na pangkat ng I taga-Corinto 1-4 (cf. 12:20)
   b. isang imoral pangkat (cf. 12:21)
   c. ang "mga supra-apostol" o mga bulaang guro na may kaugnaya sa Herusalem at Judaismo (mga kabanata 10-13, lalo na sa 11:13-15)

▣
**NASB "ay papagtibayin"**
**NKJV "ay mapapatunayan"**
**NRSV "ay kailangang panindigan"**
**TEV "ay kailangang sang-ayunan"**
**NJB "ay kailangang"**

Ang anyo ng PANDIWANG ito ay isang PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. NKJV), ngunit sina Barbara at Timothy Friberg, *Analytical Greek New Testament*, p. 573, ay sinasabing ito ay gumaganap bilang isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS (cf. NRSV, NJB). Tingnan ang Natatanging Paksa: Manindigan (*Histēmi*) sa I taga-Corinto 15:1.

**13:2 "sa mga nagkasala nang una, at *gayundin naman* sa mga iba pa"** Ito ay tila nauugnay sa dalawang pangkat. Ang una "na nagkasala sa nakalipas" (GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI), ay tumutukoy sa kanilang mga mananampalataya sa Corinto na narinig si Pablo nang dalawang beses, ngunit patuloy na naghimagsik laban sa kanyang pamumuno. Ito ang mga naghihiwa-hiwalay na mga pangkat ng I taga-Corinto 1-4 o isang imoral na pangkat (cf. 12:20-21; I taga-Corinto 5).

Ang pariralang "at lahat ng iba" ay tila nauugnay sa kanila na <u>hindi</u> naroon sa dalawang pagkakataon, na maaaring ang bulaang mga apostol mula sa Herusalem at kanilang mga tagataguyod, na pagtuon ng mga kabanata 10-13. Gayunman, kapwa mga pangkat/ lahat ng mga pangkat ay inilagay sa pansin na nais ni Pablo pakitunguhan ang mga suliranin, ngunit kung hindi ni gagawin, siya ang gagawa!

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, ngunit ito ay ginamit sa kaunawaan ng "kailan" (cf. Juan 16:7 at I Juan 3:2).

▣ **"hindi ko na patatawarin *ang sinuman*"** Si Pablo ay gumagamit ng ang terminong ito in isang paayong kaunawaan in I taga-Corinto 7:23 at II taga-Corinto 1:23, ngunit in isang panghukumang kaunawaan kapwa dito at in 12:6 (cf. 10:11).

**13:3 "katunayan"** Ang konseptong ito ng pagsusuri ay paulit-ulit na sa kontekstong ito. Mayroong isang pinagpapatuloy na paglalaro sa salita sa pagitan ng mga kahulugan ng dalawang Griyegong mga termino, *dokimazō* at *peirazō*.

1. v. 3, katunayan – *dokimē* (cf. 2:9; 8:2; 9:13; 13:3)
2. v. 5, pagsusulit – *peirazō* (cf. 13:5)
3. v. 5, pagsusuri – *dokimazō* (cf. 8:8,22; 13:5)
4. v. 5, nabigo sa pagsusulit – *adokimos*
5. v. 6, hindi nabigo sa pagsusulit – *adokimos*
6. v. 7, sumang-ayon – *dokimos* (cf. 10:18)
7. v. 7, di-sumang-ayon – *adokimos*

Para sa buong pag-aaral ng salita, tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:13.

▣ **"na si Kristo ay nagsasalita sa akin"** Ang ilan sa Corinto ay hinahamon ang awtoridad ni Pablo. "Sinusubukan" nila si Pablo! Sa v. 5, "susubukan" sila ni Pablo! Ang presensiya ni Kristo kay Pablo ay napatunayan (cf. 12:12).

▣ **"ay hindi mahina"** Ang kahinaan ay paraan ng Diyos sa tagumpay gaya ng paglalarawan sa buhay ni Hesus (cf. v. 4) at buhay ni Pablo (cf. 10:1,11; 12:9; 13:9). Walang tao ang magmamapuri sa harapan ng Diyos para sa espirituwal na mga katuparan na isang tuwirang bunga ng kung sino ang Diyos at hindi kung sino tayo. Ito ay mga pinagkukunan ng Diyos na tutupad sa mga espirituwal na bunga! Ang mga mananampalataya ay dapat hayaan ang Kanyang kapangyarihan na dumaloy sa kanilang pangangailangan at kawalang kakayahan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kahinaan sa II taga-Corinto 12:9.

Ang mga talatang 3-4 ay ang buod na kabaliktaran ng retorikong mapagmataas na mga bulaang guro. Inaangkin nila ang isang kahigitan mula sa

1. pinagmulang angkan

2. pansariling karismatikong karanasan
3. nakakahigit na Sophistiko, retorikong pagsasanay
4. pansariling mga paghahambing

**"sa inyo…sa inyo"** Ang PANGMARAMIHANG "inyo" ay ipinapakita sa si Pablo ay tumutukoy sa isang nagtitipong karanasan, hindi pansariling karanasan (cf. v. 5). Marahil, ang TEV na salin, "sa gitna niyo," ang sumasalo sa panlasa.

**13:4 "ipinako sa krus"** Si Pablo ay gumagamit ng maraming mga termino upang ilarawan ang kamatayan ni Hesus:

1. kamatayan (cf. taga-Roma 5:6ff; 8:34; 14:15; I taga-Corinto 8:11; 15:3; II taga-Corinto 5:15; taga-Galacia 2:21; I taga-Thesalonica 4:14; 5:10)
2. dugo (cf. taga-Roma 3:25; 5:9; taga-Efeso 1:7; 2:13; taga-Colosas 1:20)
3. krus (cf. I taga-Corinto1:17-18; taga-Galacia 5:11; 6:12,14; taga-Efeso 2:16; taga-Filipos 2:8; taga-Colosas 1:20; 2:14)
4. pagpapapako sa krus (cf. I taga-Corinto 1:23; 2:2; II taga-Corinto 13:14; taga-Galacia 3:1)

**"gayon ma'y nabubuhay Siya dahil sa kapangyarihan ng Diyos"** Ito ay mga parirala tulad ng nito na nagdudulog ng maraming Kristolohikong mga pagtatalo sa sinaunang iglesiya. Hindi ba Diyos din si Hesus? Ang taong si Hesus ba ay nabubuhay sa kapangyarihan ng isang hiwalay na pagka-Diyos (i.e., YHWH)? Ang sinuman ay hindi maaaring makabuo ng isang sistematikong kaunawaan sa isang talata o piling mga talata, ngunit dapat na subukang pag-isahin ang lahat ng teolohikong mga konsepto sa isang pinagsamang kabuuan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa I taga-Corinto 8:4.

Kadalasan, ang termino ng talatang ito ay ginamit upang manindigan na ang Diyos ang Ama, bilang isang pagkilos ng pagsang-ayon, ang bumuhay sa Anak (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 1:4; 6:4,9; 8:11; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10). Gayunman, mayroong ibang kinasihang mga teksto na naninindigan na (1) ang Espiritu ang bumuhay sa Anak (cf. taga-Roma 8:11) o (2) ang Anak ang bumuhay sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18).

**"kami naman ay sa kaniya'y mahihina, nguni't kami ay mabubuhay na kasama Niya"** Ang kaunawaan ni Pablo ng Kristiyanismo ay isang pagpapakilala ng mga mananampalataya sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus. Gaya ng Kayang pamumuhay na isang mapagkumbaba, maamo, at di-nauunawaang buhay, kaya tayo din naman; gaya ng Kanyang pagkamatay sa paglilingkod sa iba, kaya tayo din mana; gaya ng Kanyang pagkabuhay, kaya tayo din manan (i.e., bagong buhay ngayon) at sa susunod pa (i.e., muling pagkabuhay katawan at ang Ikalawang Pagdating).

Ang teolohiyang ito ng pagpapakilala ay lubhang maliwanag sa taga-Roma 6. Sumulat si Pablo sa taga-Roma habang siya ay nakikitungo sa Corinto. Ang sistematikong kaunawaan ni Pablo ng Kristiyanismo (i.e., taga-Roma) ay naisasabuhay habang siya ay naglilingkod sa ganitong di-gumaganang iglesiya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:5-10

**[5]Siyasatin ninyo ang inyong sarili *upang makita*, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Hesukristo ay nasa inyo? maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na. [6]Nguni't inaasahan ko na inyong mangakikilala na kami ay hindi itinakuwil. [7]Ngayo'y idinadalangin namin sa Diyos na kayo'y huwag magsigawa ng masama; hindi upang kami'y mangakitang subok, kundi upang gawin ninyo ang may karangalan, kahit kami'y maging gaya ng itinakuwil. [8]Sapagkat kami'y walang anomang magagawang laban sa katotohanan, kundi *tanging* ayon sa katotohanan. [9]Sapagkat kami'y natutuwa kung kami'y mahihina, ngunit kayo'y malalakas: at ito naman ang idinadalangin namin, sa makatuwid baga'y ang inyong pagkasakdal. [10]Dahil dito'y sinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako'y wala sa harapan, upang kung nasa harapan ay hindi ko *kailangang* gumamit ng kabagsikan, ayon sa awtoridad na ibinibigay sa akin ng Panginoon sa ikatitibay, at hindi sa ikagigiba.**

**13:5 "Siyasatin ninyo ang inyong sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay ang salitang *peirazō*, na nangangahulugang "suriin na may isang pananaw patungo sa pagkawasak." Tingnan ang buong tala sa I taga-Corinto 3:13. Sinubok nila si Pablo; ngayon sila din naman ay dapat masiyasak ang kanilang sarili!

**"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo. Si Pablo ay hindi nagduruda sa kanilang pananampalataya, ngunit hinahamon sila na magising!

**"ang pananampalataya"** Ang Griyegong terminong "pananampalataya" (*pistis*) ay isalin na sa Ingles sa tatlong mga termino: pananampalataya, paniniwala, o pagtitiwala. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 2:4. Ang pananampalataya ay ginamit sa tatlong mga kaunawaan sa NT: (1) bilang personal na pagtanggap kay Hesus na Kristo ng Diyos; (2) bilang matapat na pamumuhay para sa Kaniya; at (3) bilang isang katawan ng mga katotohanan patungkol sa Kaniya (cf. v.

3; taga-Galacia 1:23; 3:23-25). Ang lumalagong Kristiyanismo ay kinapapalooban ng lahat ng tatlong mga kaunawaan.

▣ **"subukin ninyo ang inyong sarili"** Inuulit ni Pablo kanyang kautusan (i.e., isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS), ngunit gumagamit ng ibang termino (i.e., *dokimazō*) para sa pagsubok, na nagpapahiwatig pasusulit na may isang pananaw patungo sa pagsang-ayon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 3:13.

▣ **"nalalaman"** Ito ay ang Griyegong terminong *epigniōskō* (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG), na kadalasang nangangahulugang buong pangkaranasang kaalaman.

▣ **"si Hesukristo ay nasa inyo"** Gaya ng pagtuon ng v. 4 sa pangkalahatang aspeto, ang pariralang ito (gumagamit ng katulad na PANG-UKOL at PANGMARAMIHAN PANGHALIP) ay maaaring tumutukoy sa isang mas indibidwal na aspeto. Si Kristo ay tiyakang nasa ginta ng Kanyang mga tao, ngunit gayundin sa bawat-isa Kanyang mga tao! Ang mga ministeryo ni Hesus at ng Espiritu ay lubhang malapit ang kaugnayan na kadasalang ang Espiritu ay tinawag na Espiritu ni Kristo (cf. taga-Roma 8:9; I Pedro 1:11). Si Hesus ay sinasabi ring nananahan sa mga mananampalataya (cf. Juan 14:23; taga-Roma 8:10; taga-Colosas 1:27. Also pansinin Mateo 28:20). Tingnan ang Natatanging Paksa: Si Hesus at ang Espiritu at II taga-Corinto 3:17.

▣ **"maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na"** Ang pariralang ito ay kaagapay sa "kung kayo ay nasa pananampalataya" sa v. 5. Si Pablo ay nagpapahayag sa maraming paraan (i.e., UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa v. 5 at ang paggamit ng *dokimazō*) na siya ay naniniwala na ang kanyang mga mambabasa ay mga mananampalataya, ngunit hindi lahat sa kanila. Mayroong isang kalabuan sa mga bulaang guro na hindi nakikilala si Kristo (tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya sa I taga-Corinto 6:9). Ang sugnay na ito ay maiuugnay sa kanila.

Ang sugnay na ito ay hindi nauugnay sa mga makasalanang mananampalataya dahil sa si Pablo ay nagpapahayag sa kanila sa 12:20-21. Kinakailangan nilang magsisi, ngunit ang mga bulaang guro ay kinakailangan si Kristo (cf Mateo 7).

Si Pablo ay gumagamit ng katulad na katulad na termino sa I taga-Corinto 9:27 na gaya ng dahilan kung bakit siya nagsisikap na mapanatili ang kanyang sarili sa ilalim ng pamamahala ng Diyos. Hindi nais ni Pablo na "maalisan ng karapatan" o maitanggi. Ang mga mananampalataya ay hinahamon sa saliksikin ang kanilang mga sarili (cf. taga-Filipos 2:12).

**13:6** Si Pablo ay nagpapahayag na siya at ang kanyang mga kamanggagawa ay nakapasa sa pagsusulit (i.e., hindi mga huwad, *adokimos*, cf. v. 7), lalo na sa may kaugnayan sa iglesiya sa Corinto. Kung kanilang taglay ang nananahang Kristo, ngayon, ang ministeryo ni Pablo ay mabisa.

**13:7** Sa isang kaunawaan, ang isang malakas, orthodox na iglesiya sa Corinto ay naninindigan sa pamumuno ni Pablo at Apostolikong mga katibayan. Siya ay mas nag-aalala sa kung ano ang tama at nararapat dahil sa Diyos at ang ebanghelyo, hindi hindi lamang upang ipakita ang mga katibayan ni Pablo o naninindigan sa kanyang pamumuno (cf. v. 9).

▣ **"subok. . .itinakuwil"** Si Pablo ay nagpapatuloy sa ganitong paglalaro sa salita sa *dokimos* at *adokimos*.

**13:8** Ang katotohanan sa kontekstong ito ay tumutukoy sa ebanghelyo bilang isang tao (i.e., si Hesus ang Mesias), bilang isang mensahe (i.e., ang ebanghelyo patungkol kay Hesus), at bilang isang pamumuhay (i.e., pagtutulad sa buhay ni Hesus).

## NATATANGING PAKSA: "KATOTOHANAN" SA MGA SULAT NI PABLO

Ang paggamit ni Pablo ng salitang ito at kaugnay na mga anyo ay nagmula sa katumbas nito sa OT, *emet*, na nangangahulugang mapagkakatiwalaan o matapat (BDB 53). Sa mga pang-Hudyong inter-biblikal ng mga sulat, ito ay ginamit na katotohaan bilang pagtaliwas sa kasinungalingan. Maaaring ang pinaka-malapit ng katulad ay ang "Mga Imnong Pasasalamant" ng 'Dead Sea Scrolls,' na ginamit sa mga nahayag na mga doktrina. Ang mga kabilang sa Komunidad ng Eseno ay naging "mga saksi ng katotohanan."

Si Pablo ay gumagamit ng salita bilang isang paraan ng pagtukoy sa ebanghelyo ni Hesukristo.

1. taga-Roma 1:18,25; 2:8,20; 3:7; 15:8
2. I taga-Corinto 13:6
3. II taga-Corinto 4:2; 6:7; 11:10; 13:8
4. taga-Galacia 2:5,14; 5:7
5. taga-Efeso 1:13; 6:14
6. taga-Colosas 1:5,6
7. II taga-Thesalonica 2:10,12,13
8. I Timoteo 2:4; 3:15; 4:3; 6:5
9. II Timoteo 2:15,18,25; 3:7,8; 4:4
10. Tito 1:1,14

Si Pablo ay gumagamit din ng salita bilang isang paraan ng paghahayag ng kanyang sinasabi nang may katiyakan

1. Gawa 26:25
2. taga-Roma 9:1
3. II taga-Corinto 7:14; 12:6
4. taga-Efeso 4:25
5. taga-Filipos 1:18
6. I Timoteo 2:7

Siya rin ay gumagamit nito upang ilarawan ang kanyang layunin sa I taga-Corinto 5:8 at lakad ng buhay (gayundin para sa lahat ng Kristiyano) sa taga-Efeso 4:24; 5:9; taga-Filipos 4:8. Ginagamit niya ito minsan para sa tao.

1. Ang Diyos, taga-Roma 3:4 (cf. Juan 3:33; 17:17)
2. Si Hesus, taga-Efeso 4:21 (katulad sa Juan 14:6)
3. Mga pagpapatotoong pang-Apostol, Tito 1:13
4. Si Pablo, II taga-Corinto 6:8

Si Pablo lamang ang gumagamit ng anyong pandiwa (i.e., *alētheuō*) sa taga-Galacia 4:16 at taga-Efeso 4:15, na kung saan ito ay tumutukoy sa ebanghelyo. Para sa mas malalim na pag-aaral sumangguni kay Colin Brown (ed), *The New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, pp. 784-902.

**13:9 "Sapagkat kami'y natutuwa kung kami'y mahihina, ngunit kayo'y malalakas"** Ito ay kabalintunaan ni Pablo. Nalalaman niya na ang espirituwal na kapangyarihan ay nailalabas sa pantaong kahinaan (cf. 12:10; 13:4). Samakatuwid, ninanais niyang manatiling mahina. Gayunman, para sa iglesiya sa Corinto na maging malakas, siya rin, ay kailangang maging mahina. Ito ay lubhang kabaliktaran sa paraan ng mga tao sa pagsusuri ng buhay. Ang mga bulaang guro ay pinahihiwatig ang kalakasan sa pamamagitan ng pinag-aralan, pinagmulan, karanasan, ngunit Pablo ay nagpapahiwatig ng kalakasan sa pamamagitan ng halimbawa ni Kristo (cf. v. 4).

▣ **"sa makatuwid baga'y ang inyong pagkasakdal"** Ang PANGNGALANG anyo ng terminong ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang PANDIWA ay nangangahulugang "bigkising magkakasama." Ginamit ni Pablo ang PANDIWANG anyo sa I taga-Corinto 1:10, na tumatawag sa iglesiya sa Corinto na wakasan nito ang mga pagkakahiwa-hiwalay ng mga pangkat. . Ngayon at sa dulo ng mga taga-Corinto ay kanyang ibinalik ang ganitong kautusan (i.e., ang pagkakaisa ay magbubunga ng espirituwal na mga kasapatan).

Sina Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, tomo 1, p. 680, ay nagpapahayag na ang *artios* (i.e., lubos, sapat, ganap na tinutustusan para sa nakatalagang gawain), kasama ang lahat nitong iba't-ibang mga tambalang pang-ukol (i.e., *epi* at *kata*), ay mga magkakasingkahulugang lahat (cf. Lucas 6:40; II taga-Corinto 13:9,11; taga-Efeso 4:12; II Timoteo 3:17).

Nais ni Pablo isang gumaganap, nagkakaisa, umiibig na iglesiya sa Corinto (cf. v. 11). Para mangyari ito, kailangang mayroong, pagpapatawad, pagpapanumbalik, at disiplina sa iglesiya (cf. taga-Galacia 6:1).

**13:10** Hindi nais ni Pablo na gumawa ng isang napakasakit na pagdalaw sa Corinto (cf. 2:3-4). Hindi niya ninanais na dumating na nakabalot sa kanyang Apostolikong awtoridad, ngunit sa pag-ibig ng magulang. Gayunman, ang pagtuon ng iglesiya ay ang magtatakda kung paano siya kikilos.

▣ **"ayon sa awtoridad na ibinibigay sa akin ng Panginoon"** Ang tiyak na pariralang ito ay makikita sa 10:8. Ang Apostolikong awtoridad na ito, maging sa pansariling presensiya o mula malayo (cf. I taga-Corinto 5:4), ay may awtoridad ni Kristo (cf. 12:19; 13:3). Ang awtoridad na ito ay pinagkaloob kay Pablo sa pagtatagpo sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9,22,26).

▣ **"sa ikakatibay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatibay sa I taga-Corinto 8:1.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:11-13

**11 Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw kayo; mangagkaisa kayo ng pag-iisip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Diyos ng pag-ibig at ng kapayapaan ay sasa inyo. 12 Mangagbatian ang isa't isa sa inyo ng banal na halik. 13 Binabati kayo ng lahat ng mga banal.**

**13:11 "Sa katapustapusan"** Sa literal, ito ay "para sa lahat" (cf. taga-Galacia 6:17). Ito ay isang katangian ng pangwakas na parirala para kay Pablo (cf. taga-Efeso 6:10; taga-Filipos 3:1; 4:8; II taga-Thesalonica 3:1). Ito ay kadalasang nagtatakda ng isang paglipat sa isang matatapos na punto.

▣ **"mga kapatid"** Ano isang napakaganda at maginhawang pagwawakas ng napakahirap na sulat na ito sa isang may

suliraning iglesiya. Ito rin ay gumaganap bilang isang pampanitikang pamamaraan upang ihudyat ang paglilipat sa isang bagong paksa.

▣ Mayroong isang kalipunan ng limang PANGKASALUKUYANG MGA PAUTOS.

1. "magalak" (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Kadalayang ginagamit ni Pablo ang terminong ito sa II taga-Corinto (cf. 2:3; 6:10; 7:7,9,13,16; 13:9,11). Ang terminong ito ay maaaring mangahulugang "paalam" (cf. taga-Filipos 3:1; 4:4), ngunit ito ay hindi umaakma na isang kalipunan ng MGA PAUTOS.
2. "maging lubos" (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS). Ito ay nagsasabi ng pagkakaisa at paglilingkod (cf. v 9).
3. "magsialiw kayo" (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK PAUTOS). Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng terminong ito sa II taga-Corinto (cf. 1:4,6; 2:7,8; 5:20; 6:1; 7:6,7,13; 8:6; 9:5; 10:1; 12:8,18; 13:11).
4. "magkaisa sa pag-iisip" (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Ang Griyegong terminong ito ay maraming mga kahulugan (cf. Louw at Nida, tomo 2, p. 259), ngunit sa kontekstong ito, ito ay kaagapay sa "maging lubos o ganap." Ito ay tumutukoy sa pagkakaisa para sa kapakanan ng ebanghelyo. Ito ay hindi nagpapahayag na ang mga mananampalataya ay kailangang sumang-ayon patungkol sa bawat isyu, ngunit dapat na sila ay di-sasang-ayon sa pag-ibig at ang ebanghelyo ay dapat na palaging may pagkaunsa laban sa mga pansariling opinyon o mga pagpili!
5. "mabuhay nang mapayapa" (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Ito ay may katiyaka na nauugnay sa I taga-Corinto 1-4 at II taga-Corinto 10-13. Hindi tiyak kung papaanong ang mga suliraning ito ay maiuugnay, ngunit kapwa nagdulot ng kawalan ng pagkakaisa at pagtatalo. Inuutos ni Pablo ang kapayapaan, hindi sa kompromiso, ngunit sa pagiging katulad kay Kristo. Ang Diyos ng kapayapaan (cf. v. 11) ay tutulong sa atin sa ating kahinaan!

▣ **"ang Diyos ng pag-ibig at ng kapayapaan"** Ano isang napakagandang paglalarawang titulo para kay YHWH. Si YHWH ay kadasalang nauugnay sa "kapayapaan" (cf. taga-Roma 15:33; 16:20; I taga-Corinto 14:33; taga-Filipos 4:9; I taga-Thesalonica 5:23; Hebreo 13:20). Siya ay tinawag na "Panginoon ng kapayapaan" sa II taga-Thesalonica 3:16. Ang pag-ibig at kapayapaan ay kapwa binanggit sa taga-Efeso 6:23.

Ang mga mananampalataya ay dapat na pamarisan ang mga katangiang ito sa kanilang mga pakikipag-ugnayan sa iba.

**13:12 "Mangagbatian"** Ito ay maaaring isalin na "magpahayag ng pamamaalam" (cf. Mga Gawa 20:1; 21:6). Ito ay nagdadala ng isang ugali ng pagtanggap at pakikiisa. Ang salungat na ugali ay naihayag sa Mateo 5:47.

Isang pagpuna lamang patungkol sa bilang ng huling dalawang ang mga talata. Ang ilang Ingles na mga salin ay magkasama vv. 12-13 (TEV, NJB, RSV, NRSV), habang ang iba ay hinati itosa dalawang ang mga talata (KJV, NKJV, NASB, NIV).

▣ **"banal na halik"** Ang kaugaliang ito (i.e., sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan) ay kinalaunan ay inihinto dahil sa paganong maling pagkakaunawa (i.e., sekswal na halik). Sa sinaunang iglesiya, ang mga lalaki ang humahalik sa kapwa mga lalaki at ang mga babae humahalik sa kapwa mga babae (i.e., sinusundan ang kaugalian ng sinagoga, cf. taga-Roma 16:16; I taga-Corinto 16:20; I taga-Thesalonica 5:26). Tingnan ang tala sa I taga-Corinto 16:20.

Ito ay isang PAUTOS. Nangangahulugan ba ito na ang mga Kristiyano kailangang magbatian sa bawat-isa sa ganitong tiyak pa paraan? Dito ay isang mabuting halimbawa kung papaanong ang kultura at mga hinaharap na kalagayan ay kailangang makaapekto sa pagpapaliwanag. Ang anyo ay hindi ang isyu, ngunit ang pag-uugali. Ang mga mananampalataya ay isang pamilya.

**13:13 "lahat ng mga banal"** Ang pariralang ito ay hindi lamang tumutukoy kay Pablo at sa kanyang pangmisyong pangkat, ngunit sa "lahat ang mga banal" (i.e., lahat ng ibang mga iglesiya ni Pablo). Mayroong isang pag-iigting sa pagitan ng Corinto at ibang mga iglesiya. Mayroong isang anyo ng pagkamataas patungkol sa iglesiyang ito. Tinatalakay ni Pablo ang isyung ito a pagbanggit nang maraming beses sa mga pamantayang kanyang itinuro sa lahat ang mga iglesiya (cf. I taga-Corinto 4:17; 7:17; 11:16,34; 14:33). Ang Corinto ay isang bahagi ng ang pamilya, hindi isang may tanging karapatan, piling miyembro. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa I taga-Corinto 1:2.

Sa kanilang kasalukuyang krisis, ang lahat ng mga pagtitipon na sinimula ni Pablo ay nagpadala ng kanilang mga pagbati, na nagpapahiwatig ng pakikipag-ugnayan, malasakit, pakikipagtulungan, panalangin, at pagtanggap.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:14

[14]**Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, at ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumainyo nawang lahat.**

**13:14** Si Pablo ay palaging sinasara kanyang mga sulat sa isang panalangin o pagbabasbas, ngunit ang isang ito ay natatangi. Pinagsasama nito ang tatlong mga aspeto katangian ng Diyos kasama ang tatlong persona ng Trinidad. Ito rin ay di-karaniwan na si Hesus ay binanggit nang una. Para sa buong mga tala sa "Trinidad" tingnan ang ang Natatanging Paksa sa I taga-Corinto 2:10.

Ang tatlong mga aspeto ng Diyos: biyaya, pag-ibig, at pakikipag-ugnayan, ay para sa "lahat" ng mga mananampalataya sa Corinto. Ito ay isang napakahalagang bahagi ng panalangin. Nais ni Pablo na mapanumbalik ang pagkakaisa sa gitna ng mga mananampalataya, gayunman, kilanlin at itanggi ang mga bulaang mananampalataya.

Si Pablo ay gumamit ng isang eskriba upang isulat ang kanyang mga sulat, ngunit maaarin siyang kumuha ng panulat ang upang isulat ang huling panalangin nang personal (cf. II taga-Thesalonica 3:17). Iniibig ni Pablo ang iglesiyang ito!

▣ **"ang pakikipisan ng Banal na Espiritu"** Tingnan ang Natatanging Mga Paksa sa I taga-Corinto 1:9 at 12:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano sinusubukan ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili?
2. Bakit madalas magpahayag si Pablo speak sa mga kabanata 11-13 ng kanyang kahinaan?
3. Paano maiuugnay ang katiyakan sa pagtitiyaga?
4. Paanong ang Diyos ay isa at tatlo sa isang pagkakataon?

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANG-GRAMATIKONG SALITA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
1. Naganap na = AORIST
2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
3. PANGKASALUKUYAN – "iniliiligtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang mga. . . nila ang. . ."

## II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:
1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:
1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 “binitay ang sarili.”
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila'y sangagsanggunian.”

## III. PANAGANO (O “MODA”)

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag

ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG O PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay

nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
   1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
   2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
   3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
   4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
   5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
   6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
   7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
   8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).
   1. Panahunang PANG-UGNAY
      a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
      b. *heōs* – "habang"
      c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
      d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"
      e. *priv* (PAW.) – "bago"
      f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"

2. Lohikal na PANG-UGNAY
    a. Layunin
        (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – "upang ang," "na ang"
        (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
        (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – "na ang"
    b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
        (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– "upang ang," "kaya"
        (2) *hiva* (PAS.) – "nang sa gayon
        (3) *ara* – "kaya"
    c. Pansanhi o dahilan
        (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – "para," "sapagkat"
        (2) *dioti, hotiy* – "sapagkat"
        (3) *epei, epeid*s*, hōs* – "dahil sa"
        (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – "sapagkat"
    d. Imperensiyal
        (1) *ara, poinun, hōste* – "samakatuwid"
        (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – "sa kung aling salaysay," "sa gayon," "samakatuwid"
        (3) *oun* – "samakatuwid," "kaya," "kung gayon," "dahil dito"
        (4) *toinoun* – "nang naaalinsunod"
    e. Kasalungat o pagkakaiba
        (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – "ngunit," "maliban"
        (2) *de* – "ngunit," "gayunman," "muna," "sa kabilang dako"
        (3) *kai* – "ngunit"
        (4) *mentoi, oun* – "gaynman"
        (5) *plēn* – "higit kailanman" (karamihan sa Lucas)
        (6) *oun* – "gayunman"
    f. Paghahambing
        (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
        (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
        (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
        (4) *ē* – "kaysa"
    g. Nagpapatuloy or serye
        (1) *de* – "at," "ngayon""
        (2) *kai* – "at"
        (3) *tei – "at"*
        (4) *hina, oun* – "ns"
        (5) *oun* – "kung gayon" (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
    a. *alla* – "katiyakan," "o," "sa katotohanan"
    b. *ara* – "talaga," "tiyak," "totoo"
    c. *gar* – "ngunit talaga," "tiyak," "talaga"
    d. *de* – "talaga"
    e. *ean* – "kahit na"
    f. *kai* – "kahit na," "talaga," "totoo"
    g. *mentoi* – "talaga"
    h. *oun* – "totoo," "sa anomang paraan "

## VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)
3. "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa "kung" na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

## VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . ." (Roma 6:13); "huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . ." (Efeso 4:30); at "huwag kayong magsipaglasing ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa "huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag ninyong isiping. . ." (Mateo 5:17); "Kaya huwag kayong mangabalisa. . ." (Mateo 6:31); "Huwag mo ngang ikahiya. . ." (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. "Hindi kailanman, kailanma'y hindi" o "hindi sa ilalim ng anomang kalagayan." Ilang mga halimbawa: "hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan" (Juan 8:51); "kailan man ay hindi. . ." (I Corinto 8:13).

## IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY "ang" ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa "isang panturo" isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin

1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (Juan 4:24); "Diyos ay ilaw" (I Juan 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles "a" o "isang." Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang

1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

## X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego

1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
   a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
   b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
   c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:

a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
   (1) PANDIWA
   (2) SIMUNO
   (3) KAPUPUNAN
b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
   (1) PANDIWA
   (2) SIMUNO
   (3) LAYON
   (4) INDIREKTANG LAYON
   (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
   (1) PANGNGALAN
   (2) PANURING
   (3) PANG-UKOL NA PARIRALA

3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
   a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
   b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
   c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
   1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
   2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
      a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
      b. Juan 14:1 (bagong paksa)
      c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
      d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
   3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
   4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
      a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
      b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
      c. Mga Talinghaga
         (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
         (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
         (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)

(4) ironya (Galacia 5:12)
(5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
(6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
(a) "iglesya"
(i) "iglesya" (Efeso 3:21)
(ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
(iii)"tinawag" (Efeso 4:1,4)
(b) "malaya"
(i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
(ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
(iii)"malaya" (Galacia 5:1)

d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
(1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
(2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
(3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
(4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.

5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
a. *The American Standard Version* of 1901
b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA KRITISISMO

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan
II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
         c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
            (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siya'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"

(2) MT, "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan"

B. Bagong Tipan
1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang "ang Alexandrian Teksto"na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang "A" o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang "B" o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa "ang Alexandrian Teksto" na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang "C" o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang "D" o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na "Ang Kanluraning Teksto." Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Irenaeus

(3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
(4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.

c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
(1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
(2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
(3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
(4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT

d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
(1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
(2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."

A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa

a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
(1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
(2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)

b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita

c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.

2. intensyonal

a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata

b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)

c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)

d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa

5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68:
      "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."
      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo)**. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano)**. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, "*Has The Church Misread The Bible?*" (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino)**. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga)**. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon)**. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang

hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan)**. Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan)**. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko)**. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch)**. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical)**. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics)**. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa "pananggol na legal" ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

***A priori (A priori)***. Kasingkahulugan nito ang katawagang "pagpapalagay" o "palagay." Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo)**. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni't hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle)**. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

**Autographs (mga Autograp)**. Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae)**. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang "D." Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa "Textus Receptus," ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling)**. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya)**. Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon)**. Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric)**. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo)**. Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls** (**Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

**Deductive (Pangangatuwiran)**. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko)**. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora)**. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang

handandangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas)**. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

**Eclectic (Eklektiko)**. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis)**. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay "tulungang palabasin" (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre)**. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo)**. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa

mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenyotiko)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma)**. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: "katakot-takot ang ganda noon" o "alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa)." Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon)**. Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw)**. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa "analytical lexicon," ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon)**. Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-

kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan)**. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo)**. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal)**. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre)**. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit)**. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo)**. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text)**. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*daglat* bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi)**. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments)**. Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan)**. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo)**. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda)**. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

**Papyri (mga Papirus)**. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata)**. Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap)**. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan)**. Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo

sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo)**. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan)**. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato)**. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay)**. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata)**. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo)**. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan)**. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan)**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba’t ibang kahulugan ng isang salita sa iba’t ibang

konteksto.

**Septuagint (Septuagint)**. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko)**. Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo)**. Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan)**. Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan)**. Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko)**. Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud)**. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Cristicism (Tekstuwal na Kritisismo)**. Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa

pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus)**. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus.*" Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

**Torah (Tora)**. Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko)**. Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano)**. It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

**Vulgate (Vulgata)**. Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunugan)**. Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan)**. Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanlibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH)**. Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON APAT

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus

na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."